***MAARI <u>MONG</u> MAUNAWAAN ANG BIBLIYA!***

# *Ang Ebanghelyo ayon kay Pedro: Marcos at I & II Pedro*

BOB UTLEY
PROPESOR NG HERMENEUTICS
(BIBLICAL INTERPRETATION)

*KALIPUNAN NG KOMENTARYONG GABAY SA PAG-AARAL*
*BAGONG TIPAN, IKA-2 TOMO*

MARSHALL, TEXAS: BIBLE LESSONS INTERNATIONAL
2012

# TALAAN NG MGA NILALAMAN


Isang Pananalita mula sa May-akda: Paano Makakatulong ang Komentaryong Ito Sa'yo? ...................... i

Isang Gabay para sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya ................................................................................ iii

Komentaryo:

Ang Taong si Pedro ..................................................................................................................... 1

Panimula sa Marcos ..................................................................................................................... 3

Marcos 1 ..................................................................................................................... 8

Marcos 2 ..................................................................................................................... 36

Marcos 3 ..................................................................................................................... 47

Marcos 4 ..................................................................................................................... 62

Marcos 5 ..................................................................................................................... 75

Marcos 6 ..................................................................................................................... 83

Marcos 7 ..................................................................................................................... 94

Marcos 8 ..................................................................................................................... 105

Marcos 9 ..................................................................................................................... 117

Marcos 10 ..................................................................................................................... 131

Marcos 11 ..................................................................................................................... 153

Marcos 12 ..................................................................................................................... 162

Marcos 13 ..................................................................................................................... 183

Marcos 14 ..................................................................................................................... 206

Marcos 15 ..................................................................................................................... 229

Marcos 16 ..................................................................................................................... 245

Panimula sa I Pedro ..................................................................................................................... 251

I Pedro 1 ..................................................................................................................... 255

I Pedro 2 ..................................................................................................................... 276

I Pedro 3 ..................................................................................................................... 291

I Pedro 4 ..................................................................................................................... 307

I Pedro 5 ..................................................................................................................... 319

Panimula sa II Pedro ..................................................................................................................... 329

II Pedro 1 ..................................................................................................................... 333

II Pedro 2 ..................................................................................................................... 351

II Pedro 3 ..................................................................................................................... 365

Dagdag na Dahon Isa: Mga Maikling Kahulugan ng mga Griyegong Gramatikong Termino ......... 377

Dagdag na Dahon Dalawa: Tekstwal na Kritisismo ..................................................................... 385

Dagdag na Dahon Tatlo: Pangdoktrinang Pamamahayag ............................................................ 388

# MGA NATATANGING PAKSA SA MARCOS AT I & II PEDRO

*Archē*, Marcos 1:1 .......... 9
Pagsisisi sa Lumang Tipan, Marcos 1:4 .......... 12
Pagpapahayag ng Kasalanan, Marcos 1:5 .......... 14
Adopsyonismo, Marcos 1:10 .......... 16
Nostisismo, Marcos 1:10 .......... 17
Ang Trinidad, Marcos 1:11 .......... 18
Mga Simbolikong Bilang sa Kasulatan, Marcos 1:13 .......... 19
Mga Griyegong Salita para sa "Pagsusuri" at Kanilang Mga Kahulugan, Marcos 1:13 .......... 21
Satanas, Marcos 1:13 .......... 21
Ang Pamilya ni Herodes ang Dakila, Marcos 1:14 .......... 23
Ang Kaharian ng Diyos, Marcos 1:15 .......... 24
Pananampalataya, *Pistis* (PANGNGALAN), *Pisteuō* (PANDIWA), *Pistos* (PANG-URI), Marcos 1:15 .......... 25
Sabbath, Marcos 1:21 .......... 27
Mga Eskriba, Marcos 1:22 .......... 28
Ang Demonyo, Marcos 1:23 .......... 29
Ang Isang Banal, Marcos 1:24 .......... 30
Pagpapaalis ng Demonyo, Marcos 1:25 .......... 31
Ang Puso, Marcos 2:6 .......... 38
Mga Fariseo, Marcos 2:16 .......... 42
Pag-aayuno, Marcos 2:18 .......... 43
Mga Herodiano, Marcos 3:6 .......... 49
Pagkawasak (*Apollumi*), Marcos 3:6 .......... 50
Ang Anak ng Diyos, Marcos 3:11 .......... 51
Ang Bilang na Labindalawa, Marcos 3:14 .......... 52
Ang mga Pangalan ng Apostol, Marcos 3:16 .......... 54
Amen, Marcos 3:28 .......... 57
Ang Persona ng Banal na Espiritu, Marcos 3:29 .......... 59
Walang Hanggan, Marcos 3:29 .......... 59
"Ang Walang Kapatawarang Kasalanan," Marcos 3:29 .......... 60
Pagpapaliwanag ng mga Parabula, Marcos 4 Panimula .......... 64
Hiwaga sa Ebanghelyo, Marcos 4:11 .......... 68
Ang Pangangailangan ng Pagtitiis, Marcos 4:17 .......... 69
Mga Panahunan ng Griyegong Pandiwa na Ginamit sa Kaligtasan, Marcos 4:27-29 .......... 71
Ang Pagpapahid sa Bibliya, Marcos 6:13 .......... 87
Mga Mapagpaimbabaw, Marcos 7:6 .......... 97
Pantaong Wika, Marcos 7:20 .......... 99
Pagpapatong ng Kamay sa Bibliya, Marcos 7:32 .......... 103
Ang Muling Pagkabuhay, Marcos 8:31 .......... 112
Sinugo (*Apostellō*), Marcos 9:37 .......... 125

Nasaan ang mga Patay?, Marcos 9:43 ........ 128
*Ktisis*, Marcos 10:6 ........ 134
Ang Sampung Utos, Marcos 10:19 ........ 138
Kayamanan, Marcos 10:23 ........ 141
Kaluwalhatian, Marcos 10:37 ........ 146
Pangtubos/Katubusan, Marcos 10:45 ........ 148
Hesus ang Nazareno, Marcos 10:47 ........ 151
Magpakailanman (Mga Griyegong Kataga), Marcos. 11:14 ........ 157
Mabisang Panalangin, Marcos 11:23-24 ........ 159
Sandigang Bato, Marcos 12:10 ........ 165
Ang Sanhedrin, Marcos 12:13 ........ 166
Mga Saduceo, Marcos 12:18 ........ 170
Ang Pakamay-akda ni Moises sa Pentateuch, Marcos 12:26 ........ 171
Ang mga Pangalan para sa Pagka-Diyos, Marcos 12:36 ........ 176
Mga Antas ng mga Gantimpala at Kaparusahan, Marcos 12:40 ........ 179
Mga Barya na Ginamit sa Palestina sa Panahon ni Hesus, Marcos 12:42 ........ 180
Bakit Maraming Dogmatikong Pagpapaliwanag ng Pahayag ang mga Kristiyano ........ 184
Apokaliptikong Panitikan, Marcos 13 Panimula ........ 189
Mga Sagot sa Dalawang Tanong, Marcos 13:4 ........ 191
Ang Panahong Ito at Ang Darating na Panahon, Marcos 13:8 ........ 193
Ang Kasuklamsuklam na Paninira, Marcos 13:14 ........ 194
Eleksyon/Predestinasyon at Ang Pangangailangan sa Teolohikong Pagtimbang, Marcos 13:20 ........ 196
Ang Panalanging Namamagitan, Marcos 13:20 ........ 197
Apatnapu't-Dalawaang Buwan, Marcos 13:20 ........ 199
Pagparito sa Gitna ng mga Ulap, Marcos 13:26 ........ 200
Mga Simbolikong Bilang sa Kasulatan, Marcos 13:27 ........ 201
Ama, Marcos 13:32 ........ 203
Pagbibigay ng Limos, Marcos 14:5 ........ 210
Ang Pagkakaayos ng Paglilingkod sa Paskuwa sa Unang Siglong Judaismo, Marcos 14:22 ........ 214
Ang Hapunan ng Panginoon sa Juan 6, Marcos 14:22 ........ 215
Kasunduan, Marcos 14:24 ........ 216
Binuhos, Marcos 14:24 ........ 217
Ang Oras, Marcos 14:35 ........ 220
Sumpa (*Anathema*), Marcos 14:71 ........ 226
Pontio Pilato, Marcos 15:1 ........ 231
Kababaihan sa Bibliya, Marcos 15:40 ........ 240
Ang Mga Babaing Sumunod kay Hesus, Marcos 16:1 ........ 247
Pabangong Panlibingan, Marcos 16:1 ........ 248
Eleksyon o Paghirang, I Pedro 1:2 ........ 257
Ang Pamana ng Mananampalataya, I Pedro 1:4 ........ 260

Mga Panahunan ng Griyegong Pandiwa na Ginamit sa Kaligtasan, I Pedro 1:5 ........................................ 261
Si Hesus at Ang Espiritu, I Pedro 1:11 ........................................ 265
Ang *Kerygma* ng Sinaunang Iglesiya, I Pedro 1:11 ........................................ 265
Mga Pananaw ni Pablo sa Kautusan ni Moises, I Pedro 1:12 ........................................ 266
Kabanalan/Pagpapaging-banal, I Pedro 1:15 ........................................ 268
Banal, I Pedro 1:16 ........................................ 269
Pagpapatibay, I Pedro 2:5 ........................................ 278
Ang Kristiyanismo ay Pangsamahan, I Pedro 2:5 ........................................ 278
Pagpapasakop, I Pedro 2:13 ........................................ 283
Pamahalaan ng Tao, I Pedro 2:13 ........................................ 283
Ang Kalooban (*thelēma*) ng Diyos, I Pedro 2:15 ........................................ 285
Mga Pagpapaalala ni Pablo sa mga Alipin, I Pedro 2:18 ........................................ 287
Katuwiran, I Pedro 3:14 ........................................ 297
Pag-asa, I Pedro 3:15 ........................................ 299
Nasaan ang Mga Patay?, I Pedro 3:18 ........................................ 302
Nostisismo, I Pedro 3:22 ........................................ 305
Mga Masamang Hilig (Bisyo) at Mga Kagalingan sa NT, I Pedro 4:2 ........................................ 308
Biblikal na Saloobin Patungkol sa Alkohol at Pagkagumon aa Alkohol, I Pedro 4:3 ........................................ 309
Bakit Nagdurusa ang mga Kristiyano?, I Pedro 4:12 ........................................ 315
*Koinōnia*, I Pedro 4:13 ........................................ 315
Anyo (*Tupos*), I Pedro 5:3 ........................................ 321
Personal na Kasamaan, I Pedro 5:8 ........................................ 323
Ang Pangangailangan ng Pagtitis, I Pedro 5:9 ........................................ 324
Silas - Silvano, I Pedro 5:12 ........................................ 327
Kristiyanong Paglago, II Pedro 1:5 ........................................ 339
Katiyakan, II Pedro 1:10 ........................................ 341
Tinawag, II Pedro 1:10 ........................................ 342
Apostasya o Pagtalikod sa Pananampalataya (*aphistēmi*), II Pedro 1:10 ........................................ 343
Katotohanan, II Pedro 1:12 ........................................ 345
“Tunay” sa Juan, II Pedro 1:12 ........................................ 345
Ang Ikalawang Pagparito, II Pedro 1:16 ........................................ 347
Ang Mga Anak na Lalake ng Diyos sa Genesis 6, II Pedro 2:4 ........................................ 356
Wasakin, Gibain, Pasamain (*phtheirō),* II Pedro 2:12 ........................................ 361
Apoy, II Pedro 3:7 ........................................ 368
Walang Hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH, II Pedro 3:9 ........................................ 370

# ISANG PANANALITA MULA SA MAY-AKDA: PAANO MAKAKATULONG ANG KOMENTARYONG ITO SA'YO?

Ang pagpakahulugan sa Bibliya ay isang rasyonal at espiritwal na pamamaraang nagtatangkang maunawaan ang isang sinaunang manunulat na pinagkalooban ng inspirasyon sa pamamagitan ng isang paraang ang mensahe mula sa Diyos ay maaaring maintindihan at maisabuhay sa ating panahon..

Ang pamamaraang espiritwal ay napakamahalaga ngunit mahirap bigyan-kahulugan. Kinasasangkutan ito ng pagpapahinuhod at pagiging bukas sa Panginoon. Narapat na magkaroon ng pagkauhaw (1) para sa Kanya, (2) para kilalanin Siya, at (2) para paglingkuran Siya. Ang pamamaraang ito ay nangangailangan ng panalangin, paghingi na kapatawaran, at kagustuhang magbago sa uri ng pamumuhay. Ang Espiritu ay napakamahalaga sa pamamaraang pagpakahulugan, ngunit kung bakit magkakaiba ang pagkakaintindi ng mga Kristyanong matapat, maka-Diyos ay isang hiwaga.
.

Ang pamamaraang makatwiran ay mas madaling ilarawan. Dapat tayong hindi pabagu-bago at maging makatarungan sa tala at hindi dapat naiimpluwensyahan ng ating mga personal o pangpangkat na pagkiling. Lahat tayo ay hinuhubog ng kasaysayan. Walang nabibilang sa ating tapapagpakahulugang obhektibo, walang-kinikilingan. Ang komentaryong ito ay naghaharap ng isang maingat na pamamaraang makatwiran na naglalaman ng tatlong mga saligan ng pagpakahulugan na ibinalangkas upang makatulong sa ating malampasan ang ating mga pagkiling.

**Unang Saligan**

Ang unang saligan ay ang pagbigay-pansin sa tagpuang pangkasaysayan na pinagsulatan ng aklat pambibliya at ang tiyak na kaganapang pangkasaysayan ng pagkasulat nito. Ang orihinal na may-akda ay mayroong layon, isang mensaheng nais ibahagi. Ang tala ay hindi maaring maging makahulugan sa atin nang hindi ito ang ipinakakahulugan ng may-akda na orihinal, sinauna, pinagkalooban ng inspirasyon. Ang kanyang layunin ang pinakasusi – hindi ang ating pangangailangang pangkasaysayan, pandamdamin, pangkultura, pansarili, o pangpangkat. Ang pagsasabuhay ay isang napakahalagang katambal ng pagpapakahulugan, ngunit ang maayos na pagpapakahulugan ay dapat na laging mauna sa pagsasabuhay. Narapat idiing muli na ang bawat tekstong pambibliya ay may isa at nag-iisang pakahulugan lamang. Ang kahulugang ito ang siyang layunin ng orihinal na may-akdang pambibliya na nais ipahayag sa kanyang panahon sa pamamagitan ng pamumuno nang Espiritu. Itong nag-iisang kahulugang ito ay mayroong maraming maaaring pagsasabuhay sa iba't-ibang kultura at mga kalagayan. Ang mga pagsasabuhay na ito ay dapat iugnay sa pangunahing katotohanan ng orihinal na may-akda. Sa dahilang ito, ang komentaryong ito sa gabay ng pag-aaral ay itinalaga upang magkaloob ng isang panimula sa bawat aklat ng Bibliya.

**Pangalawang Saligan**

Ang pangalawang saligan ay ang pagkilala sa mga pampanitikang yunit. Ang bawat aklat pambibliya ay isang pinag-isang dokumento. Ang mga tagapagpakahulugan ay walang karapatang ihiwalay ang isang aspeto ng katotohanan sa pamamagitan ng hindi pagsama sa iba. Kung sa gayon, dapat nating pagsumikapang intindihin ang layon ng buong aklat pambibliya bago natin ipakahulugan ang bawat pampanitikang mga yunit. Ang bawat bahagi—mga Kabanata, talataan, o talata- ay hindi maipapakahulugan kung hindi iyon ang ibig sabihin ng kabuuang yunit . Ang pagpakahulugan ay dapat magmula sa pangkabuuang pagdulog o *deductive approach* patungo sa pantiyakang pagdulog o *inductive approach*. Kaya, itong komentaryo sa gabay ng pag-aaral ay itinalaga upang makatulong sa mga mag-aaral na suriin ang pagkakabalangkas ng bawat pampanitikang yunit sa pamamagitan ng mga talata. Ang mga pagbabahagi ng talata at Kabanata ay hindi inspirado, ngunit ang mga ito ay makakatulong sa atin upang kilalanin ang mga yunit ng kaisipan.

Ang pagsalin sa antas ng talata—hindi sa antas ng pangungusap, sugnay, parirala, o salita—ay ang susi upang masundan ang hinangad na kahulugan ng may-akdang pambibliya. Ang mga talata ay nakabatay sa pinag-isang paksa, kalimitang tinatawag na paksa o paksang pangungusap. Ang bawat salita, parirala, sugnay, at pangungusap sa isang talata ay umuugnay kahit na papano sa pinag-isang paksang ito. Nililimita nila ito, pinalalawak ito, pinaliliwanag ito, at/o pinagtatanungan ito. Ang tunay na susi sa maayos na pagpakahulugan ay ang pagsunod sa kaisipan ng orihinal na may-akda sa pamamagitan ng batayang talata-sa-talata na pumaparaan sa bawat mga pampanitikang yunit na bumubuo ng aklat pambibliya. Ang komentaryong ito sa gabay ng pag-aaral ay itinalaga upang makatulong sa mag-aaral na gawin iyon sa pamamagitan ng paghahambing ng mga makabagong mga pagsalin sa Ingles. Ang mga pagsasaling ito ay pinili dahil sa ang mga ito ay gumagamit ng iba't-ibang palagay sa pagsalin:

1. Ang tekstong Griyego ng United Bible Society ay ang iniwastong ikaapat na edisyon (UBS$^4$). Ang tekstong

ito ay iisinatalata ng mga makabagong pangtekstong iskolar.

2. Ang New King James Version (NKJV) ay isang pagsasaling literal na salita-sa-salita batay sa tradisyon ng kasulatang Griyego na kilala bilang Textus Receptus. Ang pagkakahati ng mga talata nito ay mas mahaba kaysa ibang mga pagsasalin. Ang mahahabang yunit nito ay nakakatulong sa mag-aaral na mahanap ang pinag-isang mga paksa.
3. Ang New Revised Standard Version (NRSV) ay isang binagong pagsasaling salita-sa-salita. Ito ay nagiging panggitna sa sumusunod na dalawang makabagong bersyon. Ang pagkakahati ng mga talata nito ay nakakatulong sa pagkilala ng mga paksa.
4. Ang Today's English Version (TEV) ay isang magilas na katumbas na pagsasaling inilathala ng United Bible Society. Hinahangad nitong isalin ang Bibliya sa isang paraang ang isang makabagong mambabasa o tagapagsalita sa Ingles ay maiintindihan ang kahulugan ng tekstong Griyego. Kadalasan, lalo na sa mga Ebanghelyo, hinahati nito ang mga talata ayon sa nagsasalita kaysa ayon sa paksa, katulad ng NIV. Para sa mga llayon ng tagapagpakahulugan, hindi ito nakakatulong. Kapansin-pansing ang parehong $UBS^4$ at TEV ay inilathala nang parehong pangkat, gayon pa man ang kanilang pagsasatalata ay magkakaiba.
5. Ang New Herusalem Bible (NJB) ay isang magilas na katumbas na pagsasaling nakabatay sa pagsasaling Pranses na Katoliko. Ito ay higit na nakakatulong upang maihambing ang pagsasatalata mula sa pananaw ng taga-Europa.
6. Ang nakaimprentang tala ay ang 1995 Updated New American Standard Bible (NASB), na isang pagsasaling salita-sa-salita. Ang talata sa talatang mga komentaryo ay sumusunod sa ganitong pagsasatalata.

**Pangatlong Saligan**

Ang pangatlong saligan ay ang pagbabasa ng Bibliya sa iba't-ibang pagsasalin upang magagap ang pinakamalawak na maaaring saklawin ng kahulugan (semantikong larangan) na mayroon ang mga pambibliyang salita o parirala. Kalimitan ang isang parirala o salitang Griyego ay maaaring maunawaan sa ilang paraan. Ang mga itong ibat'-ibang pagsasalin ay naghaharap nitong mga mapagpipilian at makatutulong upang makilala at maipaliwanag ang mga pagkakaiba ng mga kasulatang Griyego. Hindi nakakaapekto ang mga ito sa doktrina, ngunit nakakatulong ang mga ito sa atin upang subukang makapanumbalik sa orihinal na tekstong sinulat ng isang inspiradong sinaunang manunulat.

Ang komentaryong ito ay naghahandog ng isang mabilis na paraan para sa mag-aaral upang makita kung tama ang kanyang mga pagbibigay ng kahulugan. Ito ay hindi pang kahulugan lamang, ngunit ito'y pagbibigay-kabatiran at pamukaw-isip. Kadalasan, ang ibang maaaaring pakahulugan ay makakatulong sa atin na hindi lubusang maging pang-parokya, pang-doktrina, at pang-denominasyon. Ang tagapagpaliwanag ay kailangang magkaroon ng isang mas malawak na saklaw ng mapagpipiliang pagpapaliwanagan upang makilala kung papaanong may iba't-ibang kahulugan ang mga sinaunang kasulatan. Ito ay kagulat-gulat na kung paanong may kakaunting pagkakasunduan sa mga Kristiyano na nag-aangkin na ang Bibliya bilang kanilang pinanggagalingan ng katotohanan.

Ang mga saligang ito ay nakatulong sa akin upang madaig ang marami sa aking nakapamihasnan sa kasaysayan nang sapilitan kong pagsumikapan ang sinaunang tala. Hinahangad ko na sana ay magsilbi rin itong isang pagpapalà sa inyo.

Bob Utley
East Texas Baptist University
June 27, 1996

# ISANG GABAY PARA SA MABUTING PAGBASA NG BIBLIYA: ISANG PANSARILING PAGHAHANAP PARA SA MAPAPATUNAYANG KATOTOHANAN

Maaari ba nating mapag-alaman ang katotohanan? Saan ito matatagpuan? Maaari ba natin itong mapatotohanan sa pamamagitan nang pangangatwiran? Mayroon bang pinakapangunahing awtoridad? Mayroon bang ganap na katotohanang maaaring gumabay sa ating buhay, sa ating mundo? Mayroon bang kahulugan ang buhay? Bakit tayo naririto? Saan tayo patutungo? Mga tanong na ito—mga tanong na pinagninilayan ng lahat ng mapagkatwirang tao—ay palaging naglulumagi sa kanilang katalinuhan mula pa sa simula ng panahon (Ecclesiastes 1:13-18; 3:9-11). Natatandaan ko pa ang aking panariling paghahanap para sa isang makapagbubuong lunduyan ng aking buhay. Ako ay naging isang tagapaniwala ni Kristo sa pagkabata, batay sa aking nasaksihan sa ibang kamag-anak na malapit sa akin. Habang ako ay tumatanda, ang mga katanungan sa aking sarili at sa aking mundo ay dumami rin. Ang mga payak na kapalasakáng pangkultura at panrelihiyoso ay hindi na naging makahulugan sa mga karanasang aking nabasa o nakaharap. Iyon ay panahon nang pagkalito, paghahanap, pananabik, at madalas na pakiramdam ng kawalan ng pag-asa sa harap ng napakamanhid, napakahirap na mundo na aking ginagalawan.

Maraming nagsasabing may sagot sila sa mga pinakapangunahing katanungang ito, ngunit pagkatapos ng pananaliksik at pagninilay-nilay ay aking natuklasan na ang kanilang mga kasagutan ay batay sa (1) mga panariling pilosopiya, (2) mga sinaunang alamat, (3) mga panariling karanasan, o (4) mga sikolohikal na proteksiyon. Nangailangan ako nang ilang antas ng pagpapatotoo, ilang katibayan, ilang pangatngatwiran na pagbabatayan ko ng aking pananaw sa mundo, ang aking makapagbubuong lunduyan, ang aking dahilan upang mabuhay.

Natuklasan ko ang mga ito sa aking pag-aaral ng Bibliya. Nagsimula ako sa paghahanap ng katibayan ng pagiging mapagkakatiwalaan nito, na aking nakita sa (1) kasaysayang pinanghahawakan ng Bibliya na pinatotoo ng arkilohiya, (2) ang kawastuan ng mga paghula sa Lumang Tipan, (3) ang kaisahan ng mga mensahe sa Bibliya sa loob ng nakaraang labing-anim na raang taong produksyon nito, at (4) mga sariling patotoo ng mga taong ang kanilang buhay ay tuluyang binago matapos mapag-alaman ang Bibliya. Ang Kristiyanismo, bilang isang nagbubuklod na sistema ng pananampalataya at paniniwala, ay may kakayanang matugunan ang mga masalimuot na mga katanungan sa buhay ng tao. Hindi lamang ito nakapagkaloob ng isang makatwirang balangkas, kundi ng aspetong pangkaranasan ng pananampalatayang pambibliya na nagdulot sa akin ng walang-hanggang kaligayahan at kapanatagan.

Inakala ko na natagpuan ko na ang mapagbuong lunduyan ng aking buhay—si Kristo, na mapag-uunawaan sa pamamagitan ng mga Banal na Kasulatan. Iyon ay naging mapagbigay-diwang karanasan, isang pagpapalaya ng nararamdaman. Ngunit, natandaan ko pa ang pagkabigla at sakit noong aking simulang matanto kung gaano karami ang iba't-ibang pagpakahulugan nitong aklat ang tinatangkilik, minsan sa loob ng parehong simbahan at samahan ng pag-iisip o school of thought. Ang pagpapatibay ng inspirasyon at pagkamapagkatiwalaan ng Bibliya ay hindi ang katapusan, kundi simula lamang. Paano ko patotohanan o tatanggihan ang nagkakaiba at nagkakasalungatang mga pagpakahulugan ng maraming mahihirap na pahayag sa Banal na Kasulatan ng mga nagsasabing sa kanila ang paniniwalaan at pagkakatiwalaan?

Ang gawaing ito ay naging layon ng aking buhay at paglalakbay sa pananampalataya. Alam kong ang aking pananampalataya kay Kristo ay (1) nakapagbigay sa akin ng labis na kapayapaan at kaligayahan. Ang aking isipan ay nangulila sa paghahanap ng ilang ganap na katotohanan sa gitna ng aking walang katiyakang kultura (pagkatapos ng modernidad o post-modernity); (2) ang pagiging makitid sa paniniwala nang mga nagtatalong sistemang panrelihiyon (mga relihiyon ng mundo); at (3) pagka-arogante ng kinabibilangang sekta. Sa aking paghahanap ng mga maaaring pagdulog sa pagpakahulugan ng sinaunang literatura, nagulat ako nang mapag-alaman ang aking mga pagkiling sa sariling kasaysayan, kultura, sekta at karanasan. Madalas kong binasa ang Bibliya upang pagtibayin lang ang aking panariling mga pananaw. Ginamit ko itong batis ng dogma para atakihin ang iba habang iginigiit muli ang aking sariling mga pagkabuway at pagkukulang. Napakasakit nitong tanggapin ang katotohanan sa sarili!

Bagamat hinding-hindi ako maaring ganap na maging obhektibo , maari akong maging mas mabuting mambabasa ng Bibliya. Maari kong ilimita ang aking mga pagkiling sa pamamagitan ng pagkilala at pagtanggap na nariyan ang mga ito. Hindi pa ako malaya sa mga ito, ngunit naharap ko na ang aking mga sariling kahinaan. Ang tagapagpakahulugan ay malimit na pinakamatinding kalaban ng mabuting pagbasa ng Bibliya!

Hayaan ninyong ilista ko ang ilang mga pagpapalagay na aking inihaharap sa aking pag-aaral ng Bibliya upang ikaw, ang mambabasa, ay maaaring suriin ito nang kasama ko:

**I. Mga Pagpapalagay**

A. Ako ay naniniwalang ang Bibliya ay ang kaisa-isang inspiradong pagpahayag ng sarili ng nag-iisang totoong Panginoon. Kung sa gayon, ito ay dapat ipakahulugan batay sa hinahangad ng orihinal na banal na may-akda (ang Espiritu) sa pamamagitan nang isang taong manunulat sa isang natatanging tagpuang pangkasaysayan.

B. Ako ay naniniwalang ang Bibliya ay sinulat para sa karaniwang tao-para sa lahat ng tao! Ang Panginoon ay pinagbigyan ang Kanyang Sarili upang magsalita nang malinaw sa atin sa loob ng isang kontekstong pangkasaysayan at pangkultura. Ang Panginoon ay hindi nagtatago ng katotohanan-Siya ay nagnanais na maunawaan natin! Kaya, ito ay dapat isalin ayon sa kanyang panahon, hindi nang sa atin. Ang Bibliya ay hindi dapat mangangahulugan sa atin kung hindi ito naging ganoon ang kahulugan sa mga unang nagbasa o nakarinig dito. Ito ay maiintindihan ng karaniwang isip ng tao at gumagamit ng normal na mga uring pangkomunikasyon at pamamaraan ng tao.

C. Ako ay naniniwalang ang Bibliya ay may pinag-isang mensahe at layon. Hindi nito sinasalungat ang sarili, kahit na ito ay naglalaman ng mahirap at balintunang mga sulatin. Kaya, ang pinakamagaling na tagapagpakahulugan ng Bibliya ay ang Bibliya mismo.

D. Ako ay naniniwalang ang bawat sinulat (hindi kasama ang mga paghuhula) ay may isa at nag-iisang kahulugan lamang batay sa hangarin ng orihinal, inspiradong may-akda. Gayong wala tayong ganap na katiyakan na alam natin ang hangarin ng orihinal na may-akda, maraming panandang nagpapakita ng ganoong tunguhin:
   1. ang anyo (uring pampanitikan) na napili sa pagpahayag ng mensahe
   2. ang tagpuang pangkasaysayan at/o tiyak na okasyon na nag-udyok ng pagsusulat
   3. ang kontekstong pampanitikan ng kabuuang aklat pati na ang bawat yunit na pampanitikan
   4. ang disenyo ng teksto (balangkas) ng mga yunit na pampanitikan habang ang mga ito ay umuugnay sa kabuuang mensahe
   5. ang mga tiyak na katangiang panggramatika na ginamit sa pagpapaabot ng mensahe
   6. ang mga salitang pinili upang maiharap ang mensahe
   7. mga kaagapay na pahayag/talata

Ang pag-aaral sa bawat bahaging ito ay nagiging paksa ng ating pag-aaral ng isang sulatin. Bago ko ipaliwanag ang aking metodolohiya para sa mabuting pagbasa ng Bibliya, hayaan ninyo akong maglahad ng pagkakaiba ng ilang hindi naaayong pamaraang ginagamit ngayon na naging dahilan ng labis na pagkakaiba sa pagpakahulugan, at kung sa gayon ay dapat iwasan:

**II. Mga Hindi Naaayong Pamaraan**

A. Ang pagbabalewala sa kontekstong pampanitikan ng mga laklat ng Bibliya at paggamit sa bawat pangungusap, sugnay, o maging ng bawat salita bilang mga pagpapahayag ng katotohanang walang kaugnayan sa hangarin ng may-akda o sa mas malawak na konteksto.


B. Ang pagbabalewala sa tagpuang pangkasaysayan ng mga aklat sa pamamagitan ng pagpapalit ng karapat-dapat na tagpuang pangkasaysayan na kaunti o walang suporta mula sa teksto mismo.

C. Ang pagbabalewala sa tagpuang pangkasaysayan ng mga aklat at pagbabasa nito katulad ng pang-umagang lokal na diyaryo na pangunahing isinulat para sa mga makabagong indibidwal na Kristiyano.


D. Ang pagbabalewala sa tagpuang pangkasaysayan ng mga aklat sa pamamagitan ng pag-aalegorya ng teksto sa isang mensaheng pampilosopiya/teolohikal na walang ganap na kaugnayan sa mga unang nakarinig at hangarin ng orihinal na may-akda.

E. Ang pagbabalewala sa mensaheng orihinal sa pamamagitan ng pagpalit ng sariling sistemang teolohiya, paboritong doktrina, o isyung pangkasalukuyan na walang kaugnayan sa orihinal na hangarin ng may-akda at ng nakasaad na mensahe. Ang penomenong ito ay kalimitang kasunod ng paunang pagbasa ng Bibliya bilang isang paraan ng pagpatibay sa awtoridad ng tagapagsalita. Ito ay kadalasang tinatawag bilang "tugon ng mambabasa" o reader response (pagpakahulugang "ano-ang-pakiwari-ko-sa-teksto").

Mayroong di bababa sa tatlong magkakaugnay na sangkap ang makikita sa lahat ng nakasulat na komunikasyon ng tao:




Sa nakaraan, ang iba't-ibang pamamaraan ng pagbasa ay nakasentro lamang sa isa sa mga tatlong sangkap. Ngunit upang tunay na maipagtibay ang natatanging inspirasyon ng Bibliya:



Sa katotohanan, ang lahat ng tatlong sangkap ay dapat sinasama sa proseso ng pagpakahulugan. Para sa layong pagpapatotoo, ang aking pagpapakahulugan ay nakasentro sa palaging pag-tsek sa ating mga motibo, pagkiling, pamamaraan, at pagsasabuhay. Ngunit paano natin tse-tsekin ang mga ito kung walang hangganan sa mga pagpapakahulugan, walang limitasyon, walang sukatan? Sa ganito nakapagbibigay sa akin ang hangarin ng may-akda at istrukturang panteksto ng ilang sukatan para sa paglilimita ng sakop ng mga maaaring pagpapakahulugan na balido.

Sa gitna nitong mga hindi umaayong pamamaraan ng pagbasa, ano ang ilang maaaring pagdulog para sa mabuting pagbasa ng Bibliya at pagpakahulugan na makapaghaharap nang malapit sa pagpapatotoo at hindi pabagu-bago?

**III. Mga Maaaring Pagdulog para sa Mabuting Pagbasa Ng Bibliya**

Sa puntong ito ay hindi ko tinatalakay ang mga bukod-tanging pamamamaraan ng pagpakahulugan ng mga tiyak na anyo ngunit sa panlahatang mga saligang hermeniyutiko na may pinagsaligan para sa lahat ng uri ng tekstong pambibliya. Ang magandang aklat para sa tiyak-sa-anyong mga pagdulog ay ang *How To Read The Bible For All Its Worth*, nina Gordon Fee and Douglas Stuart, inilathala ng Zondervan.

Ang aking pamaraan ay tumutukoy sa umpisa sa mambabasa na makapagbibigay-daan sa Banal na Espiritu na bigyang-liwanag ang Bibliya sa pamamagitan ng apat na personal na tapusang pagbasa. Ito ay ginagawang pangunahin ang Espiritu, ang teksto at ang mambabasa , hindi pumapangalawa lamang. Ito ay magpoprotekta rin sa mambabasang maimpluwensyahan ng mga taga-komentaryo. Narinig ko na ang pagkasabing: "Ang Bibliya ay puspos na nakapagbibigay-liwanag sa mga komentaryo." Hindi ito nangangahulugang isang punang nakapagpapababa tungkol sa mga pantulong sa pag-aaral, kundi sa halip ay isang panawagan para sa napapanahong kaangkupan ng kanilang paggamit.

Narapat na maaari nating suportahan ang ating mga pagpapakahulugan mula sa teksto mismo. Ang limang panukatan na makapaghaharap ng di bababâ sa limitadong pagpapatotoo:

1. ang orihinal na may-akda
   a. tagpuang pangkasaysayan
   b. kontekstong pampanitikan
2. ang orihinal na pinili ng may-akda sa
   a. mga istrukturang panggramatika (sintaks/palaugnayan)
   b. pangkasalukuyang gamit sa paggawa
   c. anyo
3. ang ating pag-intindi sa naaayong
   a. kaugnay na magkahanay na mga pahayag/talata
   b. pagkakaugnay ng mga doktrina (kabalintunaan)

Kailangan nating makapagbigay ng mga dahilan at katwiran sa likod ng ating mga pagpapakahulugan. Ang Bibliya ay ang ating kaisa-isang batis para sa pananampalataya at pagsasakilos. Ang nakakalungkot, ang mga Kristiyano ay kalimitang hindi nagkakasundo kung ano ang ituturo o papagtibayin. Nakapanlulumo ang pag-aangkin ng inspirasyon sa Bibliya at pagkatapos ay ang mga mananampalataya ay hindi nagkakasundo sa kung ano ang itinuturo nito at kinakailangan!

Ang apat na tapusang pagbasa ay dinisenyo upang makapagbigay ng sumusunod na mga kabatiran sa pagpakahulugan:

A. Ang unang tapusang ng pagbasa
   1. Basahin ang aklat sa isang upuan. Basahin ito muli sa ibang pagsasalin, sana mula sa isang naiibang teorya ng pagsasalin
      a. salita-sa-salita (NKJV, NASB, NRSV)
      b. dinamikong katumbas (TEV, JB)
      c. pagpapahawig (paraphrase)(Living Bible, Amplified Bible)
   2. Hanapin ang punong layon ng buong sulatin. Kilalanin ang tema nito.
   3. Ihiwalay (kung maaari) ang isang yunit na pampanitikan, isang Kabanata, isang talata o isang pangungusap na malinaw na nagpapahayag nitong punong layon o tema.
   4. Kilalanin ang nangingibabaw na anyong pampanitikan
      a. Lumang Tipan
         (1) salaysay na Hebreo
         (2) panulaang Hebreo (panitikan ng karunungan, salmo)
         (3) paghuhulang Hebreo (prosa, panulaan)
         (4) Mga pamkautusan na koda
      b. Bagong Tipan
         (1) Mga salaysay (mga Ebanghelyo, mga Gawa)
         (2) Mga parabula (mga Ebanghelyo)
         (3) Mga liham/epistulo

(4) panitikang Apokaliptiko

B. Ang pangalawang tapusang pagbasa
   1. Basahin ang buong aklat muli, naghahanap upang kilalanin ang mga pangunahing paksa.
   2. Balangkasin ang mga pangunahing paksa at ihayag nang maikli ang nilalaman ng mga ito sa isang payak na pahayag.
   3. Suriin ang iyong pahayag sa layon at masaklaw na balangkas kabilang ang mga gabay sa pag-aaral.

C. Ang pangatlong tapusang pagbasa
   1. Basahin ang buong aklat muli, naghahanap upang makilala ang tagpuang pangkasaysayan at tiyak na okasyon para sa pagsusulat ng aklat ng Bibliya mismo.
   2. Ilista ang mga pangkasaysayang bagay na binanggit sa aklat Bibliya
      a. ang may-akda
      b. ang petsa
      c. ang mga tagatanggap
      d. ang tiyak na kadahilanan ng pagsulat
      e. mga aspeto ng tagpuang pangkultura na kaugnay sa layon ng pagsulat
      f. mga sanggunian sa mga taong pangkasaysayan at kaganapan
   3. Lawakan ang iyong balangkas sa antas na patalata para sa bahagi ng pambibliyang aklat na iyong ipinapakahulugan. Laging kilalanin at ibalangkas ang pampanitikang yunit. Ito ay maaaring ilang Kabanata o talata. Ito ay makakatulong sa iyo upang masundan ang pangangatwiran ng orihinal na may-akda at ang disenyo ng teksto.
   4. Tsekin ang iyong tagpuang pangkasaysayang sa pamamagitan ng paggamit ng mga pantulong sa pag-aaral.

D. Ang pang-apat na tapusang pagbasa
   1. Basahing muli ang tiyak na pampanitikang yunit sa iba't-ibang pagsasalin
      a. salita-sa-salita (NKJV, NASB, NRSV)
      b. dinamikong katumbas (TEV, JB)
      c. paghahawig (Living Bible, Amplified Bible)
   2. Hanapin ang mga istrukturang pampanitikan o panggramatika
      a. mga inuulit na parirala, Eph. 1:6,12,13
      b. mga inuulilt na istrukturang panggramatika, Rom. 8:31
      c. magkakatambis na mga konsepto
   3. Ilista ang mga sumusunod na bagay
      a. mga mahahalagang salita
      b. mga di-karaniwang salita
      c. mga mahahalagang istrukturang panggramatika
      d. mga tukoy na mahihirap na salita, sugnay, at pangungusap
   4. Hanapin ang mga kaugnay na talatang magkahanay
      a. hanapin ang pinakamalinaw na talatang pampagtuturo sa iyong paska gamit ang
         (1) mga aklat ng "sistematikong teolohiya"
         (2) mga sangguniang Bibliya
         (3) mga pagkakatugma
      b. Hanapin ang isang pares na balintuna sa loob ng iyong paska. Maraming pambibliyang katotohanan ay inihaharap sa diyalektikong pares; maraming tunggalian ng mga sekta ay nagmumula sa pag-proof-talata ng kalahati ng isang pambibliyang tensiyon. Ang kalahatan ng Bibliya ay inspirado, at kailangan nating hanapin ang kumpletong mensahe nito para makapagbigay ng balanseng Banal na Kasulatan sa ating pagpapakahulugan.
      c. Hanapin ang mga magkakahanay sa loob ng parehong aklat, parehong may-akda o parehong anyo; ang Bibliya ay siya ring pinakamagaling na tagapagpakahulugan nito sapagkat iisa lang ang may-akda nito, ang Espiritu.
   5. Gumamit ng pantulong sa pag-aaral upang ma-tsek ang iyong mga obserbasyon sa mga tagpuang pangkasaysayan at okasyon
      a. mga pag-aaral ng Bibliya
      b. mga ensayklopidya ng Bibliya, handbuk at diksiyonaryo
      c. mga paunang salita ng Bibliya
      d. mga komentaryong Bibliya (sa puntong ito ng iyong pag-aaral, hayaan ang naniniwalang komunidad, sa nakaraan at kasalukuyan, na tumulong at maiwasto ang iyong sariling pag-aaral.)

## IV. Pagsasabuhay ng pagpapakahulugang Bibliya

Sa puntong ito ay tutungo tayo sa pagsasabuhay. Nakapag-ukol ka na ng panahon upang maunawaan ang teksto sa tagpuang orihinal nito; ngayon ay kailangang maisabuhay mo ito, sa iyong kultura. Ipinapakahulugan ko ang pambibliyang awtoridad bilang "pag-unawa kung ano ang sinasabi ng orihinal na may-akda ng bibliya sa kanyang panahon at pagsasabuhay ng katotohanang ito sa ating panahon."

Ang pagsasabuhay ay dapat sumunod sa pagpakahulugan ng hangarin ng orihinal na may-akda pareho sa panahon at pangangatwiran. Hindi natin maaaring isabuhay ang isang talatang Bibliya sa ating sariling panahon hangga't di natin napag-aalaman

kung ano ang sinasabi nito sa kanyang panahon! Ang talatang Bibliya ay hindi dapat maipakahulugan sa hindi nito nais sabihin!

Ang iyong detalyadong balangkas, sa antas na patalata (ikatlong tapusang pagbasa), ang iyong magiging gabay. Ang pagsasabuhay ay dapat gawin sa antas ng talata, hindi sa antas ng salita. Ang mga salita ay may kahulugan lamang sa konteksto; ang mga sugna ay may kahulugan lamang sa konteksto; ang mga pangungusap ay may kahulugan lamang sa konteksto. Ang kaisa-isang tao na inspirado na kasangkot sa proseso ng pagpakahulugan ay ang orihinal na may-akda. Sinusunod lamang natin ang kanyang pamumuno sa pamamagitan ng kaliwanagan ng Banal na Espiritu. Ngunit ang kaliwanagan ay hindi inspirasyon. Sa pagsabi, kung gayon, ng "kaya winika ng Diyos," ay dapat tayong sumunod sa hangarin ng orihinal na may-akda. Ang pagsasabuhay ay dapat na may tiyak na kaugnayan sa pangkalahatang hangarin ng kabuuang pagsulat, ang tiyak na pampanitikang yunit at pagpapaunlad ng kaisipan sa antas ng talata.

Huwag hayaang ang mga isyu ng ating panahon ang magpapakahulugan sa Bibliya; hayaang ang Bibliya ang makapagsalita! Ito ay maaaring mangailangan ng ating paghugot ng mga saligan mula sa teksto. Ito ay balido kung ang teksto ay sumusuporta sa isang saligan. Sa kasamaang palad, maraming beses ang ating mga saligan ay ganoon na lamang, "ating" mga saligan—hindi ang mga saligan ng teksto.

Sa pagsasabuhay ng Bibliya, napakahalagang tandaan na (maliban sa paghuhula) isa at iisang kahulugan lamang ang balido para sa isang tiyak na tekstong Bibliya. Ang kahulugang ito ay kaugnay sa hangarin ng orihinal na may-akda habang siya ay tumutugon sa isang krisis o pangangailangan sa kanyang panahon. Ang maraming maaaring pagsasabuhay ay maaaring manggaling mula sa isang pakahulugang ito. Ang pagsasabuhay ay ibabatay sa mga pangangailangan ng mga tagatanggap ngunit dapat kaugnay sa kahulugan ng orihinal na may-akda.

## V. Ang Espirituwal na Aspeto ng Pagpapakahulugan

Sa ngayon ay aking natalakay ang mga prosesong pangkatwiran at tekstwal na nasasangkot sa pagpapakahulugan at pagsasabuhay. Ngayon ay aking tatalakayin nang maikli ang aspetong espiritwal ng pagpakahulugan. Ang sumusunod na tseklist ay nakatulong sa akin:

A. Manalangin para sa tulong ng Espiritu (cf. I Corinto 1:26-2:16).
B. Manalangin para sa sariling pagpapatawad at paglilinis mula sa kilalang mga kasalanan (cf. I Juan 1:9).
C. Manalangin para sa mas higit na pagnanais na makilala ang Panginoon (cf. Awit 19:7-14; 42:1ff.; 119:1ff).
D. Isabuhay kaagad ang ano mang bagong kabatiran sa iyong sariling buhay.
E. Manatiling mapagkumbaba at handang matuto.

Napakahirap panatilihin ang balanse sa pagitan ng proseso ng pangatwiran at ng pamumunong espiritwal ng Banal na Espiritu. Ang mga sumusunod na mga sipi ay nakatulong sa aking balansehin ang dalawa:

A. Mula kay James W. Sire, *Scripture Twisting*, pp. 17-18:

> "Ang kaliwanagan ay dumarating sa mga isipan ng mga tao ng Diyos—hindi lamang sa ang mga elitistang espiritwal. Walang kauriang guru sa pambibliyang Kristiyano, walang iluminati, walang mga tao na pagmumulan ng lahat ng tamang pagpapakahulugan Kaya, habang ang Banal na Espiritu ay nakapagbibigay ng mga natatanging handog ng karunungan, kaalaman at pag-unawang espiritwal, hindi Niya itinalaga itong mga piling Kristiyano lamang bilang awtoridad lamang sa pagpapakahulugan ng Kanyang Salita. Nasa sa bawat isang tao Niya ang pagkatuto, paghatol at pag-unawa sa pamamagitan ng pagsangguni sa Bibliya na siyang tumatayong awtoridad kahit sa mga taong pinagkalooban ng Diyos ng natatanging kakayanan. Bilang pagbubuod, ang pagpapalagay na aking ginagawa sa buong aklat ay ang Bibliya ang siyang totoong pagpapahayag ng Diyos sa buong sangkatauhan, na ito ay ang pinakapangunahing awtoridad sa lahat ng usaping naipahahayag, na ito ay hindi isang ganap na misteryo kundi mauunawaan nang sapat ng karaniwang tao sa bawat kultura."

B. Mula sa Kierkegaard, na makikita sa Bernard Ramm, *Protestant Biblical Interpretation*, p. 75:

> Ayon kay Kierkegaard ang pag-aaral na panggramatika, leksikal at pangkasaysayan ng Bibliya ay kinakailangan ngunit panimula sa totoong pagbasa ng Bibliya. "Ang pagbabasa ng Bibliya bilang salita ng Diyos ay dapat basahin nang naisasa-puso sa kanyang bibig, sa lakarán, na tigib ng pag-asam, na nakikipag-usap sa Diyos. Ang pagbabasa ng Bibliyang nang wala sa isip o walang-ingat o pang-akademiko o pampropesyunal ay hindi pagbabasa ng Bibliya bilang Salita ng Diyos. Kung ang nagbabasa nito ay parang nagbabasa ng isang liham ng pagmamahal, kung sa gayon ay binabasa ito bilang Salita ng Diyos."

C. H. H. Rowley sa *The Relevance of the Bible*, p. 19:

> "Hindi lamang ang isang pag-unawang intelektwal ng Bibliya, kahit ganap, ang maaaring makapag-angkin ng lahat nitong kayamanan. Hindi ito paghamak sa ganitong pag-unawa, dahil ito ay mahalaga sa isang ganap na pag-unawa. Ngunit dapat ito ay pumaraan sa isang espiritwal na pag-intindi ng mga espiritwal na kayamanan ng aklat na ito kung ito ay nais na maging ganap. At para sa ganitong espiritwal na pag-intindi ay may isang bagay na kailangan na hihigit pa kaysa sa kahandaang intelektwal. Ang mga espiritwal na bagay ay inuunawa nang espiritwal, at ang mag-aaral ng Bibliya ay mangangailangan ng mapagtanggap ng saloobing espiritwal, isang pananabik na makita ang Diyos upang ialay ang sarili sa Kanya, kung siya ay makalalampas pa sa kanyang siyentipikong pag-aaral patungo sa mas mayamang pamana nitong pinakadakila sa lahat ng mga aklat."

**VI. Ang Pamaraan Nitong Komentaryo**

Ang Komentaryo sa Gabay ng Pag-aaral ay nakadisenyo upang makatulong sa iyong mga pamamaraan sa pagpakahulugan sa sumusunod na mga paraan:

A. Isang maikling balangkas-pangkasaysayan ang nagpapakilala sa bawat aklat. Pagkatapos mong magawa ang "tapusang pagbasa #3" ay tsekin itong impormasyon.

B. Ang mga pangkonteksto pag-unawa ay makikita sa simula ng bawat Kabanata. Ito ay makakatulong sa iyong upang makita kung paano binubuo ang pampanitikang yunit.

C. Sa simula ng bawat Kabanata o pangunahing yunit ang mga pantalatang pagkakahati at ang kanilang mga nakalarawang paliwanag ay ibinibigay nang buhat sa ilang makabagong pagsasalin:
   1. The United Bible Society Griyego Text, fourth edition revised(UBS[4])
   2. The New American Standard Bible, 1995 Update (NASB)
   3. The New King James Version (NKJV)
   4. The New Revised Standard Version (NRSV)
   5. Today's English Version (TEV)
   6. The Jerusalem Bible (JB)

   Ang patalatang pagkakahati ay hindi inspirado. Dapat tiyaking nasasa-konteksto ang mga ito. Sa pamamagitan ng paghambing ng ilang makabagong pagsasalin mula sa magkakaibang mga teorya at pananaw na panteolohiya, maaari nating masuri ang dapat na istruktura ng pag-iisip ng isang orihinal na may-akda. Ang bawat talata ay mayroong isang pangunahing katotohanan. Ito ay tinawag na "ang paksang pangungusap" o "ang pangunahing ideya ng teksto." Ang mapag-isang kaisipang ito ang susi sa maayos na pagpakahulugang pangkasaysayan, panggramatika. Ang isa ay hindi dapat nagpapakahulugan, nangangaral o nagtuturo nang kinakapos sa isang talata! Isa pa, tandaang ang bawat talata ay kaugnay sa kasudlong na mga talata nito. Kung kaya ang antas ng balangkas na patalata ng isang buong aklat ay napakahalaga. Dapat nating masundan ang takbo ng pangangatwiran ng paska na ipinararating ng orihinal na may-akdang inspirado.

D. Ang mga pagtatalâ ni Bob ay sumusunod sa talata-sa-talatang pagdulog sa pagpakahulugan. Ito ay nag-uudyok sa ating sundan ang pag-iisip ng orihinal na may-akda. Ang mga pagtatala ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa ilang sukatan:
   1. pampanitikang konteksto
   2. mga pag-unawang pangkasaysayan, pangkultura
   3. impormasyong panggramatika
   4. mga pag-aaral ng salita
   5. mga kaugnay na talatang magkakahanay

E. Sa ilang punto ng komentaryo, ang nakaimprentang teksto ng New American Standard Version (1995 update) ay dadagdagan ng mga pagsasalin ng ilang ibang makabagong bersyon:
   1. Ang New King James Version (NKJV), na sumusunod sa tekstong manuskrito ng "Textus Receptus."
   2. Ang New Revised Standard Version (NRSV), na isang salita-sa-salitang rebisyon mula sa National Council of Churches ng Revised Standard Version.
   3. Ang Today's English Version (TEV), na isang dinamikong katumbas na pagsasalin mula sa American Bible Society.
   4. Ang Jerusalem Bible (JB), na isang pagsasaling Ingles batay sa isang Katolikong Pranses na dinamikong katumbas na pagsasalin.

F. Para sa mga hindi nakapagbabasa ng Griyego, ang paghahambing sa mga pagsasaling Ingles ay maaaring makatulong sa pagkilala ng mga suliranin sa teksto:
   1. pagkakaiba-iba sa mga manuskrito
   2. mga pamalit na kahulugan ng salita
   3. mga mahirap na teksto at istruktura sa gramatika
   4. mga tekstong iba't iba ang pakahulugan

   Gayong ang mga pagsasaling Ingles ay hindi makakalutas sa mga suliraninng ito, tinutukoy nila itong mga lunan para sa mas malalim at mas malawak pang pag-aaral.

G. Sa pagtatapos ng bawat Kabanata kaugnay sa mga talakayan ay may mga tanong na iniharap na nagtatangkang tukuyin ang mga pangunahing isyu sa pagpakahulugan ng kabanatang iyon.

# ANG TAONG SI PEDRO

## ANG KANIYANG PAMILYA

A. Ang pamilya ni Pedro ay nanirahan sa Galilea ng mga Hentil sa lungsod ng Betsaida sa hilagang baybayin ng Dagat ng Galilea (o ang Dagat ng Tiberio cf. Juan 1:44), ngunit tila lumipat sa Capernaum ng ilang panahon (cf. Marcos 1:21,29).

B. Ang pangalan ng ama ni Pedro ay Jonas (cf. Mateo 16:17) o Juan (cf. Juan 1:42; 21:15-17).

C. Ang kaniyang unang pangalan ay Simon (cf. Marcos 1:16,29,30,36), na karaniwan sa Palestino ng unang siglo. Iyon ay ang Hudyong anyo ng Symeon (cf. Mga Gawa 15:14; II Pedro 1:1), na ang pangalan ay isa sa Tabindalawang Angkan ng Israel (cf. Genesis 29:33; Exodo 1:1).

Siya muling pinangalangang ni Hesus na Pedro (*Petros*, na nangangahulugang "bato," upang ilarawan ang kaniyang kinalaunang lakat at tatag) sa Mateo 16:18; Marcos 3:16; Lucas 6:14; at Juan 1:42. Ang Aramaikong anyo ay *Cephas* (cf. Juan 1:42; I taga-Corinto 1:12; 3:22; 9:5; 15:5; taga-Galacia 1:18; 2:9,11,14). Kadalasang sa NT, ang dalawang pangalan ay binibigay ng magkasama (cf. Mateo 16:16; Lucas 5:8; Juan 1:40; 6:8,68; 13:6,9,24,36; 18:10,15,25; 20:2,6; 21:2-3,7,11,15).

D. Ang pangalang kapatid na lalaki ni Pedro ay Andres (cf. Marcos 1:16). Siya ay isang alagad ni Juan Bautista (cf. Juan 1:35,40) at sa huli ay sa isang mananampalataya at tagasunod ni Hesus (cf. Juan 1:36-37). Dinala niya si Simon kay Hesus (cf. Juan 1:41). Pagkatapos nang maraming buwan, sila ay hinarap ni Hesus sa Dagat ng Galilea at tinawag sila na maging Kaniyang opisyal na mga alagad sa lahat ng panahon (cf. Mateo 4:18-20; Marcos 1:16-18; at Lucas 5:1-11).

E. Siya ay kinasal (cf. Marcos 1:30; I taga-Corinto 9:5), ngunit walang nababanggit na mga anak.

## ANG KANIYANG HANAPBUHAY

A. Ang pamilya ni Pedro ay nagmamay-ari ng maraming bangkang pangisda at kahit na ang pag-upa ng mga alipin.

B. Ang pamilya ni Pedro ay maaaring kasama nina Santiago, Juan, at kanilang ama, si Zebedeo (cf. Lucas 5:10).

C. Sa maikling panahon, si Pedro ay bumalik sa kaniyang pangingisda pagkatapos ng kamatayan ni Hesus (cf. Juan 21).

## ANG KANIYANG PERSONALIDAD

A. Mga kalakasan ni Pedro
   1. Siya ay isang matapat na tagasunod, ngunit lubhang pabigla-bigla (cf. Marcos 9:5; Juan 13:4-11).
   2. Siya ay nagtangkang kumilos sa pananampalataya, ngunit kadalasang nabibigo (e.g. paglalakad sa tubig, cf. Mateo 14:28-31).
   3. Siya ay matapang at kamayang mamatay (cf. Mateo 26:51-52; Marcos 14:47; Lucas 22:49-51; Juan 18:10-11).
   4. Pagkatapos ng Kaniyang muling pagkabuhay, kinausap siya nang personal ni Hesus bilang nakakahiyang pinuno ng Labindalawa sa Juan 21 at nagkaloob ng isang pagkakataon sa pagsisisi at pagpapanumbalik sa pamumuno.

B. Mga kahinaan ni Pedro
   1. Siya ay mayroong paunang mga pagkahilig patungo sa pang-Hudyong legalismo
      a. pagkain kasama ang mga Hentil (taga-Galacia 2:11-21)
      b. mga batas sa pagkain (Mga Gawa 10:9-16)
   2. Siya, tulad ng lahat ng mga Apostol, ay hindi lubusang nauunawaan ang mga radikal na bagong katuruan ni Hesus at kanilang mga kahihinatnan
      a. Marcos 9:5-6
      b. Juan 13:6-11; 18:10-11
   3. Siya ay personal at mahigpit na kinastigo ni Hesus (Marcos 8:33; Mateo 16:23)
   4. Siya ay natagpuang natutulog sa halip na manalangin sa dakilang oras ng pangangailangan ni Hesus sa Gethsemane (Marcos. 14:32-42; Mateo 26:36-46; Lucas 22:40-60)
   5. Paulit-ulit niya ikinaila ang pagkakilala kay Hesus (Marcos 14:66-72; Mateo 26:69-75; Lucas 22:56-62;

Juan 18:16-18,25-27)

## ANG KANYANG PAMUMUNO SA APOSTOLIKONG PANGKAT

A. Mayroong apat na tala ng mga Apostol (cf. Mateo 10:2-4; Marcos 3:16-19; Lucas 6:14-16; Mga Gawa 1:13). Si Pedro ay palaging unang nakatala. Ang Labindalawa ay nahati sa tatlong pangkat na tig-aapat. Naniniwala ako na ipinahihintulot nito na sila ay maghalinhinang umuwi sa kanilang mga tahanan upang masigurong ligtas ang kani-kanilang pamilya.

B. Si Pedro ay kadalasang naglilingkod bilang tagapagsalita para sa Apostolikong pangkat (cf. Mateo 16:13-20; Marcos 8:27-30; Lucas 9:18-21). Ang mga talatang ito ay ginamit din upang ipahayag ang awtoridad ni Pedro sa pangkat (cf. Mateo 16:18). Gayunman, sa loob ng kontekstong ito, siya ay sinumbatan ni Hesus bilang isang kasangkapan ni Satanas (cf. Mateo 16:23; Marcos 8:33).
At, nang ang mga alagad ay nagtatalo kung sino ang pinakadakila, hindi ipinagpalagay ni Pedro na kunin ang posisyon (cf. Mateo 20:20-28, lalo na sa v. 24; Marcos 9:33-37; 10:35-45).

C. Si Pedro ay hindi pinuno ng iglesiya sa Herusalem. Ito ay napunta kay Santiago, kapatid sa ina ni Hesus (cf. Mga Gawa 12:17; 15:13; 21:18; I taga-Corinto 15:7; taga-Galacia 1:19; 2:9,12).

## ANG KANYANG MINISTERYO KASUNOD ANG MULING PAGKABUHAY NI HESUS

A. Ang pamumuno ni Pedro ay maliwanag na makikita sa mga unang kabanata ng Mga Gawa
1. Siya ay nanguna sa pagpili ng kapalit ni Hudas (cf. Mga Gawa 1:15-26).
2. Siya ay nangaral ng unang pangangaral sa Pentecost (cf. Mga Gawa 2).
3. Siya ay nagpagaling ng isang pilay at nangaral ng ikalawang pangangaral na nakatala (cf. Mga Gawa 3:1-10; 3:11-26).
4. Siya ay matapang na nagsalita sa Sanhedrin sa Mga Gawa 4.
5. Siya ang nanguna sa iglesiya sa pagdidisiplina kina Ananias at Sapphira sa Mga Gawa 5.
6. Siya ang nagsalita sa Konseho ng Herusalem sa Mga Gawa 15:7-11.
7. Marami pang ibang mga pangyayari at mga himala ay inuukol sa kaniya sa Mga Gawa.

B. Si Pedro, gayunman, ay hindi palaging kakakitaan ng mga kahihinatnan ng ebanghelyo
1. Nanatili siya sa isang kaisipang pang-OT (cf. taga-Galacia 2:11-14).
2. Siya ay kailangang magkaroon ng isang natatanging kapahayagan upang maisama si Cornelio (cf. Mga Gawa 10) at iba pang mga Hentil.

## ANG MGA TAHIMIK NA TAON

A. May kaunti o walang impormasyon patungkol kay Pedro pagkatapos ng Konseho ng Herusalem sa Mga Gawa 15
1. taga-Galacia 1:18
2. taga-Galacia 2:7-21
3. I taga-Corinto 1:12; 3:22; 9:5; 15:5

B. Tradisyon ng mga sinaunang iglesiya
1. Si Pedro na pinatay sa Roma ay binanggit sa sulat sa Roma ni Clemente sa iglesiya sa Corinto noong A.D. 95.
2. Si Tertullian (A.D. 150-222) ay tinala din ang kamatayan ni Pedro sa Roma sa ilalim ng pamumuno ni Nero (A.D. 54-68).
3. Si Clemente ng Alexandria (A.D. 200) ay nagsabing si Pedro ay pinatay sa Roma.
4. Si Origen (A.D. 252) ay nagsabing si Pedro ay pinatay sa pamamagitan ng pagpapapako sa krus, nang patiwarik, sa Roma.

# PANIMULA SA MARCOS

## PANIMULANG PAHAYAG

A. Ang sinaunang iglesiya ay kadalasang ay linalagpasan ang pagkopya, pag-aaral, at pagtuturo ng Marcos na may pagtangi sa Mateo at Lucas dahil nakikita nila ang Marcos bilang isang saling "*readers's digest*" (i.e., pinaikling Ebanghelyo), isang pananaw na tiyakang ipinahayag ni Augustino nang lumaon.

B. Ang Marcos ay hindi kadalasang sinisipi ng mga ama ng sinaunang Griyegong iglesiya o ang pangalawang siglo tagapagtanggol (mga manananggol ng pananampalataya).

C. Buhat nang pagsikat ng makabagong pangkasaysayan-gramatikong pamamaraan sa biblikal na pagpapaliwanag, ang Ebanghelyo ng Marcos ay nagkaroon ng bagong kahalagahan dahil ito ay tinitingnan bilang unang isinulat na Ebanghelyo. Kapwa Mateo at Lucas ay gumamit ng balangkas nito sa kanilang mga pagpapakilala sa buhay at kahalagahan ni Hesus. Sa gayon, ang Marcos ay naging saligang kasulatan ng iglesiya, ang unang opisyal na isinulat na tala ng buhay ni Hesus.

## GENRE O URI

A. Ang mga Ebanghelyo ay hindi makabagong mga talambuhay o mga kasaysayan. Sila ay piling teolohikong mga sinulat na ginamit upang ipakilala si Hesus sa magkaibang mga tagapakinig at dalhin sila na pananampalataya sa Kaniya. Sila ay "mabuting balita" na mga tala ng buhay ni Hesus para sa layunin ng pag-ebanghelyo (cf. Juan 20:30-31).

B. Ang Marcos ay nagpapahayag ng apat na natatanging pangkasaysayan mga kalalagayan at apat na teolohikong mga layunin
   1. ang buhay at mga katuruan ni Hesus
   2. ang buhay at ministeryo ni Pedro
   3. ang mga pangangailangan ng sinaunang iglesiya
   4. ang pang-ebanghelyong layunin ni Juan Marcos

C. Ang apat na mga Ebanghelyo ay natatangi sa panitikan ng Near Eastern at Greco-Roman. Ang kinasihang mga may-akda ay mayroong tungkulin na pinangunahan ng Espiritu sa pagpili ng mga katuruan at mga pagkilos ni Hesus na maliwanag na nahayag sa Kaniyang katangian at/o layunin.

Kanilang isinaayos ang mga salita at mga pagkilos na ito sa magkaibang pamamaraan. Isang halimbawa ay ang paghahambing sa Pangangaral sa Bundok ni Matero (Mateo 5-7) sa Pangangaral sa Patag ni Lucas (cf. Lucas 6:20-49). Iyon ay naging maliwanag na ang nilalayon ng Mateo na tipunin ang lahat ng mga katuruan ni Hesus sa isa mahabang pangangaral o pangangaral, habang ang Lucas ay ikinalat na mga katuruan sa kabuuan ng kaniyang Ebanghelyo. Ang katulad na bagay ay maaaring masabi tungkol sa paglalagay nang magkakasama sa Mateo ng mga himala ni Hesus, habang sa Lucas ay ikinalat ito sa kabuuan ng kaniyang Ebanghelyo.

Ipinapahiwatig nito na ang kakayahan ng mga manunulat ng Ebanghelyo na hindi lamang pumili at isaayos ang mga katuruan ni Hesus, ngunit iangkop din sila para sa kanilang sariling teolohikong mga layunin (basahin sina Fee at Stuart, *How to Read the Bible for All Its Worth*, pp. 113-134). Tuwing nagbabasa ng mga Ebanghelyo, dapat na patuloy na itanong kung anong teolohikong punto ang ninanais na gawin ng mga manunulat na ito. Bakit isasama ang partikular na pangyayari, himala, aralin sa puntong ito sa kanilang pagpapakilala kay Hesus?

D. Ang Ebanghelyo ni Marcos ay isang mabuting halimbawa ng Koine Griyego bilang isang pangalawang wika ng mga tao sa mundo ng Mediteranyo. Ang pangunahing wika ni Marcos ay Aramaiko (gaya ng kay Hesus at lahat ng mga Hudyo sa unang siglong Palestino). Ang Semitikong lasa ay kadalasang makikita sa Ebanghelyo ni Marcos.

## PAGKAMAY-AKDA

A. Si Juan Marcos, sa tradisyon, ay kinikilala na kasama ni Apostol Pedro sa pagsulat ng Ebanghelyong ito. Ang gawa mismo (tulad ng lahat ng mga Ebanghelyo) ay hindi pinangalanan.

B. Ang isa pang katibayan ng tala ng pagsaksi ni Pedro ay ang katotohanan na hindi tinala ni Marcos ang tatlong natatanging mga pangyayari na personal na kinasasangkutan ni Pedro.

1. kaniyang paglalakad sa tubig (cf. Mateo 14:28-33)
2. kaniyang pagiging-tagapagsalita sa Caesarea Philippi para sa pananampalataya ng Labindalawa (cf. Mateo 16:13-20), sa Marcos lamang, ang 8:27-30 at ang "sa ibabaw ng batong ito" at "mga susi ng kaharian" na mga talatang ito ay tinanggal.
3. kaniyang pagkuha ng buwis sa templo para sa kaniyang sarili at kay Hesus (cf. Mateo 17:24-27)

Marahil, ang pakumbabaan ni Pedro ang nag-udyok sa kaniya na hindi bigyang-diin ang mga pangyayaring ito sa kaniyang mga pangagaral sa Roma.

C. Tradisyon ng Sinaunang Iglesiya

1. Ang I Clemente, na isinulat na mula sa Roma noong A.D. 95, ay binabanggit ang Marcos (gaya ng *Shepherd of Hermes*).
2. Si Papias, ang obispo ng Hierapolis (noong A.D. 130), ay isinulat ang *Interpretation of the Lord's Sayings*, na sinisipi ni Eusebio (A.D. 275-339) sa kaniyang *Ecclesiastical History* 3:39:15. Ipinapahayag niya na si Marcos ang tagapagsalin ni Pedro na nagtala nang wasto, ngunit hindi sunod-sunod, ang mga ala-ala ni Pedro kay Hesus. Tila kinuha at inangkop ni Marcos ang mga pangangaral ni Pedro at inayos sila sa isang pagpapakilala ng Ebanghelyo. Inaangkin ni Papias na natanggap niya ang importamasyong ito mula sa "matanda," na maaaring tumutukoy kay Apostol Juan.
3. Si Justin Martyr (A.D. 150), sa pagsipi ng Marcos 3:17, ay idinadagdag na iyon ay nagmula sa ala-ala ni Pedro.
4. Ang Anti-Marcionite na Prologo sa Marcos, na isinulat noong A.D. 180, ay nagpapakilala kay Pedro bilang saksi sa Ebanghelyo ni Marcos. Ipinapahayag din nito na sinulat ni Marcos ang Ebanghelyo mula sa Italya pagkatapos ng kamatayan ni Pedro (sa tradisyon, sa Roma noong A.D. 65).
5. Si Irenaeo, na sumulat noong A.D. 180, ay binabanggit si Juan Marcos bilang tagapagsalin ni Pedro at tagatala ng kaniyang talambuhay pagkatapos ng kaniyang kamatayan (cf. *Contra Haereses* 3:1:2).
6. Si Clemente ng Alexandria (A.D. 195) ay ipinapahayag na silang narinig ang pangangaral ni Pedro sa Roma ay humiling na itala ni Marcos ang mga pangangaral na ito.
7. Ang Muratorian Fragment (i.e., isang tala ng mga tinanggap na aklat), na isinulat noong A.D. 200 mula sa Roma, bagaman ang teksto ay kulang, ay tila pinaninindigan ang pagtala ni Juan Marcos sa mga pangangaral ni Pedro.
8. Si Tertullian (A.D. 200) sa *Against Marcion* (4:5) ay sinasabing inilimbag ni Marcos ang mga ala-ala ni Pedro.
9. Sa *Ang Expositor's Bible Commentary* Vol. 8, p. 606, si Walter Wessel ay gumawa ng nakakawiling puna na higit sa mga tradisyon ng sinaunang iglesiya ay mula sa pagkakaibasa heographiya ng mga kinalalagyan ng iglesiya
   a. si Papias mula sa Asia Minor
   b. ang Anti-Marcion na Prologo at ang Muratorian Fragment kapwa mula sa Roma
   c. si Irenaeo (cf. *Adv. Haer.* 3:1:1) mula sa Lyons sa Pransya. Ang tradisyon ni Irenaeo ay matatagpuan din kay Tertullian (cf. *Adv. Marc.* 4:5) mula sa hilagang Aprika at Clemente ng Alexandria, Ehipto (cf. *Hypotyposeis* 6, sinisipi ni Eusebio, *Eccl. His.* 2:15:1-2; 3:24:5-8; 6:14:6-7). Ang pagkakaiba sa heographiya ay nagbibigay ng pagtitiwala sa kaniyang pagkatotoo dahil sa malawak na pagtanggap ng tradisyon sa sinaunang Kristiyanismo.
10. Ayon sa *Eccl. Hist.* 4:25 ni Eusebio, si Origen (A.D. 230) sa *Commentary on Matthew* (walang kilalang komentaryo sa Marcos ng sinuman hanggang sa ikalimang siglo) ay sinasabing si Marcos ang nagsulat ng Ebanghelyo habang iyon ay ipinapaliwanag ni Pedro sa kaniya.
11. Si Eusebio mismo ang tumalakay sa Ebanghelyo ni Marcos sa *Eccl. His.* 2:15 at sinabing tinala ni Marcos ang mga pangangaral ni Pedro sa utos nilang nakapakinig upang mabasa sa lahat ng mga iglesiya. Binatay ni Eusebio ang tradiysong ito sa mga sinulat ni Clemente ng Alexandria.

D. Ano ang nalalaman natin tungkol kay Juan Marcos

1. Ang kaniyang ina ay isang kilalang mananampalataya sa Herusalem kung saan pinagtitipunan ang kaniyang bahay (maaaring sa gabi ng Hapunan ng Panginoon, cf. Marcos 14:14-15; Mga Gawa 1:13-14; Mga Gawa 12:12). Siya ay maaaring ang di-pinangalanang lalake na lumayo ng "nakahubad" mula sa Gethsemane (Marcos 14:51-52).
2. Sinamahan niya ang kaniyang tito na si Bernabe (cf. taga-Colosas 4:10) at Pablo pabalik sa Antioch mula sa Herusalem (Mga Gawa 12:25).
3. Siya ay isang kasama ni Bernabe at Pablo sa unang pang-misyong paglalakbay (Mga Gawa 13:5), ngunit biglaan bumalik pauwi (Mga Gawa 13:13).
4. Nang lumaon, ninais ni Bernabe na isama si Marcos sa isang pangalawang pang-misyong paglalakbay, ngunit ito ay nagdulot ng isang malubhang pagtatalo sa pagitan nina Bernabe at Pablo (Mga Gawa 15:37-40).
5. Pagkatapos, siya ay nakasamang muli ni Pablo at naging isang kaibigan at kasama (taga-Colosas 4:10; II

Timoteo 4:11; Filemon 24).
6. Siya ay isang kasama at kasama ni Pedro (I Pedro 5:13), maaaring sa Roma.

E. Ang personal na kaalaman ni Marcos sa buhay ni Hesus ay tila pinatunayan ng 14:51-52, kung saan ang isang tao ay tumakbo ng nakahubad mula sa hardin ng Gethsemane pagkatapos lamang ng pagkadakip kay Hesus. Ang di-karamiwan at lubusang di-inaasahang detalye ay tila nagpapakilala ng personal na karanasan ni Marcos.

## PETSA

A. Ang Ebanghelyo ay tala at pagpapaliwanag ng saksi sa buhay, mga gawa, at mga katuruan ni Hesus, na tila hinango sa mga pangangaral ni Pedro. Sila ay tinipon at pinamahagi pagkatapos ng kaniyang kamatayan, gaya ng sinabi ng Prologo ng Anti-Marcionite at si Irenaeo (na idinagdag din pagkatapos ng kamatayan ni Pablo). Kapwa sina Pedro at Pablo ay pinatay sa ilalim ni Nero (A.D. 54-68) sa Roma (tradisyon ng iglesiya). Ang tiyak na petsa ay di-tiyak, ngunit kung totoo, maaaring ang petsa ng Marcos ay sa kalahatian ng 60s.

B. Iyon ay maaaring ang Prologo ng Anti-Marcionite at ni Irenaeo ay hindi tumutukoy sa kamatayan ni Pedro, ngunit kaniyang pag-alis (i.e., exodo) mula sa Roma. Mayroong mga katibayan sa tradisyon (i.e., Justin at Hippolito) na si Pedro ay dumalaw sa Roma sa panahon ng pamumuno ni Claudius (A.D. 41 to 54), (Eusebio, *Eccl. His.* 2:14:6).

C. Tila ipinagpalagay ni Lucas sa Mga Gawa na si Pablo ay nagpatuloy sa bilangguan sa unang bahagi ng 60 A.D. Kung iyon ay totoo na ginamit ni Lucas angMarcos sa kaniyang Ebanghelyo, ngayon, ito ay maaaging isinulat bago ang pagkakasulat ng Mga Gawa at, samakatuwid, mas maaga sa unang bahagi ng 60 A.D.

D. Ang pagkamay-akda at petsa ng Marcos,sa anumang paraan, ay hindi makakaapekto sa mga pangkasaysayan/ teolohiko/ pang-ebanghelyong katotohanan ng (o anuman) Ebanghelyong ito. Si Hesus, hindi ang taong may-akda, ay ang pangunahin!

E. Nakakagulat na wala sa mga Ebanghelyo (kahit na ang Juan, na isinulat noong A.D. 95-96) ay tumutukoy o nagbabanggit sa pagkawasak ng Herusalem (cf. Mateo 24; Marcos 13; Lucas 21) noong A.D. 70 ng Romanong Heneral, nang lumano Emperador, Tito. Maaaring ang Marcos ay isinulat bago ang pangyayaring ito. Iyon ay maaaring ang Mateo at Lucas ay isinulat na bago ang pangunahing kahatulan sa Judaismo. Iyon ay kailangang maihayag nang payak na ang tiyak na petsa para sa pagkakasulat ng Sinoptikong mga Ebanghelyo ay di-tiyak sa pagkakatong ito (gaya ng kanilang pampanitikang kaugnayan sa isa't-isa).

## MGA TUMANGGAP

A. Ang Marcos ay may kaugnayan sa Roma sa pamamagitan ng maraming sinaunang manunulat sa iglesiya
1. I Pedro 5:13
2. Prologo ng Anti-Marcionite (Italya)
3. Irenaeo (Roma, cf. *Adv. Haer.* 3:1:2)
4. Clemente ng Alexandria (Roma cf. Eusebio *Eccl. Hist*. 4:14:6-7; 6:14:5-7)

B. Hindi tiyakang inihayag ni Marcos ang kaniyang mga layunin sa pagsulat ng Ebanghelyo. Mayroong maraming mga teoriya.
1. isang pang-ebanghelyong babasahin (cf. 1:1) na isinulat na tiyakan sa mga taga-Roma (cf. 1:15; 10:45)
   a. ang mga pang-Hudyong mga sangkat ay ipinaliwanag (cf. 7:3-4; 14:12; 15:42)
   b. mga Aramaikong salita na isinalin (cf. 3:17; 5:41; 7:1,34; 10:46; 14:36; 15:22,34)
   c. paggamit ng maraming salitang Latin (cf. *executione*r, 6:27; *sextanus*, 7:4; *census*, 12:14; *quadran*s, 12:42; *praetorium*, 15:16; *centurio*, 15:39; *flagellare*, 15:42)
   d. napapabilang na wika sa kaugnay kay Hesus
      (1) napapabilang na wika kaugnay sa mga nasa Palestino (cf. 1:5,28,33,39; 2:13; 4:1; 6:33,39,41,55)
      (2) napapabilang na wika kaugnay sa lahat ng tao (cf. 13:10)
2. pag-uusig na sumusunod sa pagkasunog ng Roma noong A.D. 64, na sinisi ni Nero sa mga Kristiyano, ay nagsimulat ng isang nakakakilabot na bugso ng pag-uusig sa mga mananampalataya. Ang Marcos ay kadalasang binabanggit ang pag-uusig (cf. pagdurusa ni Hesus 8:31; 9:39; 10:33-34,45 at pagdurusa ng Kaniyang mga taga-sunod 8:34-38; 10:21,30,35-44).
3. ang naantalang Ikalawang Pagdating
4. ang kamatayan ng mga saksi ni Hesus, lalo na ang mga Apostol
5. ang pagtaas ng mga hidwang pananampalataya sa loob ng malaganap ng mga Kristiyanong iglesiya
   a. *Judaizers* (taga-Galacia)

b. mga Nostiko (I Juan)
c. ang pagsasama ng a. at b. (i.e., taga-Colosas at taga-Efeso; II Pedro 2)

## BALANGKAS NG KAYARIAN

A. Ang Marcos ay isinaayos sa isang paraan na ang huling linggo ng buhay ni Hesus ang bibigyang-pansin sa mahigit isang-katlong bahagi ng aklat. Ang teolohikong kahalagahan ng Linggo ng Pagdurusa ay malinaw.

B. Yamang ang Marcos, ayon sa tradisyon ng sinaunang iglesiya, hinango sa mga pangangaral ni Pedro, (i.e., maaaring sa Roma) iyon ay naging katibayan bakit walang naisamang mga salaysay sa kapanganakan. Ang Marcos ay nagsimula kung saan nagsimula sa karanasa ni Pedro, kasama si Hesus bilang nasa gulang na, at sa teolohiya, ay nauugnay sa mensahe ni Juan Bautista ng pagsisisi at pananampalataya sa paghahanda para sa gawain ng Mesias.

Ang mga pangangaral ni Pedro ay gumagamit ng mga konsepto ng "Anak ng Tao" at "Anak ng Diyos." Ang Ebanghelyo nagpapakilala sariling teolohiya ni Pedro ng persona ni Hesus. Sa pauna, Siya ay isang dakilang guro at manggagamot, ngunit iyon ay naging malinaw na Siya ay ang Mesias! Ang Mesias na ito ay hindi ang inasahang mananakop na heneral ng kukbo, ngunit isang Nagdurusang Lingkod (cf. Isaias 53).

C. Ang panimulang pangheograpikong balangkas ng kayarian ng Marcos ay kabahagi ng ibang mga Sinoptikong Ebanghelyo (i.e., Mateo at Lucas)
1. isang Ministeryo sa Galilea (1:14-6:13)
2. ministeryo sa labas ng Galilea (6:14-8:30)
3. ang paglalakbay sa Herusalem (8:31-10:52)
4. ang huling linggo sa lugar ng Herusalem (11:1-16:8)

D. Ito ay maaarin na ang kayarian ng Marcos ay tumutulad sa pangunahing humaran ng sinaunang Apostolikong pangangaral (i.e., Mga Gawa 10:37-43, cf. C. H. Dodd, *New Testament Studies* pp. 1-11). Kung ito ay totoo, ngayon ang isinulat na mga Ebanghelyo ay ang paghantong ng isang yugto ng mga tradisyong pasalita (i.e., *kerygma*). Itinuturing ng Judaismo ang pasalitang katuruan na mas higit sa isinulat na mga teksto.

E. Ang Marcos ay makikilala sa isang mabilis na pagkilos na pagtatala (i.e., "kagyat," cf. 1:10) ng buhay ni Hesus. Hindi tinala ni Marcos ang mga mahahabang pag-aaral ng katuruan, ngunit kumikilos nang napakabilis mula sa pangyayari sa isa pang pangyayari (i.e., ang kaniyang paulit-ulit na paggamit ng "kagyat"). Ang Ebanghelyo ni Marcos ay nagpapahayag kay Hesus sa pamamagitan ng Kaniyang mga gawa. Gayunman, ang ganito mabilisang pagtatala ay binudburan ng matitingkad na mga detalye ng saksi (i.e., Pedro).

## UNANG TAPUSANG PAGBASA (tingnan sa p. v)

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugang ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal na Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang buong aklat ng Bibliya sa isang pagkakataon. Ipahayag ang pangunahing tema ng buong aklat sa iyong sariling salita.

1. Tema ng kabuuan ng aklat

2. Uri ng panitikan (genre)

## PANGALAWANG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya" p. v)

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugang ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal na Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang buong aklat ng Bibliya sa pangalawang beses sa isang pagkakataon. Balangkasin ang pangunahing mga paksa at ipahayag ang paksa sa isang pangungusap.

1. Paksa ng unang pampanitikang yunit

2. Paksa ng pangalawang pampanitikang yunit

3. Paksa ng pangatlong pampanitikang yunit

4. Paksa ng pang-apat na pampanitikang yunit

5. Atbp.

# MARCOS 1

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN*

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Pangangaral ni Juan Bautista | Inihanda ni Juan Bautista ang Daan | Ang Gawain ni Juan Bautista | Ang Pangangaral ni Juan Bautista | Ang Pamamahayag ni Juan Bautista |
| 1:1-8 | 1:1-8 | 1:1-8 | 1:1-3 | 1:1-8 |
| | | | 1:4-5 | |
| | | | 1:6-8 | |
| Ang Bautismo ni Hesus | Nag-bautismo si Juan kay Hesus | Ang Bautismo ni Hesus | Ang Bautismo at Panunukso kay Hesus | Nabautismuhan si Hesus |
| 1:9-11 | 1:9-11 | 1:9-11 | 1:9-11 | 1:9-11 |
| Ang Panunukso kay Hesus | Tinukso ni Satanas si Hesus | Panunukso kay Hesus | | Pagsubok sa Ilang |
| 1:12-13 | 1:12-13 | 1:12-13 | 1:12-13 | 1:12-13 |
| Ang Simula ng Ministeryo sa Galilea | Nagsimula si Hesus sa Kanyang Gawain sa Galilea | Simula ng Gawain ni Hesus sa Galilea | Tinawag ni Hesus ang apat na mangingisda | Si Hesus ay Nagsimulang Nangaral ng Mensahe |
| 1:14-15 | 1:14-15 | 1:14-15 | 1:14-15 | 1:14-15 |
| Ang Pagtawag sa Apat na Mangingisda | Apat na Mangingisda na Tinawag bilang mga Alagad | | | Ang Unang Apat na Alagad ay Tinawag |
| 1:16-20 | 1:16-20 | 1:16-20 | 1:16-18 | 1:16-18 |
| | | | 1:19-20 | 1:19-20 |
| Ang Tao na may Masamang Espiritu | Pinalayas ni Hesus ang Masamang Espiritu | | Isang Tao na may Masamang Espiritu | Si Hesus ay Naturo sa Capernaum at Nagpagaling ng Inaniban ng Demonyo |
| 1:21-28 | 1:21-28 | 1:21-28 | 1:21-22 | 1:21-22 |
| | | | 1:23-24 | 1:23-28 |
| | | | 1:25 | |
| | | | 1:26-27 | |
| | | | 1:28 | |
| Ang Pagpapagaling sa Maraming Tao | Pinagaling ang Biyanan ni Pedro | | Si Hesus ay nagpagaling ng Maraming Tao | Pinagaling ang Biyanan ni Simon |
| 1:29-34 | 1:29-31 | 1:29-31 | 1:29-31 | 1:29-31 |
| | Maraming Gumaling pagka-tapos ng dapat-hapon ng Sabbath | | | Bilang ng Pagpapa-galing |
| | 1:32-34 | 1:32-34 | 1:32-34 | 1:32-34 |
| Isang Pangangaral na Paglalakbay | Pangangaral sa Galilea | | Hesus ay Nangaral sa Galilea | Tahimik na Umalis si Hesus sa Capernaum at Naglakbay sa Galilea |
| 1:35-39 | 1:35-39 | 1:35-39 | 1:35-37 | 1:35-39 |
| | | | 1:38 | |
| | | | 1:39 | |
| Ang Paglilinis ng isang Ketongin | Hesus Cleanses isang Ketongin | | Pinagaling ni Hesus ang isang Tao | Paggaling ng isang Tao na Nagdurusa sa Mapamin-salang Sakit sa Balat |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 1:40-45 | 1:40-45 | 1:40-45 | 1:40 | 1:40-45 |
| | | | 1:41-44 | |
| | | | 1:45 | |

*Bagamat sila ay hindi kinasihan, ang pagkakakabahagi ng mga talata ay susi sa pag-unawa at pagsunod sa orihinal na layunin ng may akda. Bawat makabagong salin ay hinati at binuod na mga talata. Bawat talata ay may isang pangunahing paksa o kaisipan. Bawat salin ay binubuo ang isang paksa ayon sa kanyang natatanging kaparaanan. Habang binabsa mo ang talata, tanungin ang sarili kung aling salin ang nababagay at tumutugma sa iyong pagkakaunawa sa paksa at pagkakabahagi ng mga pangungusap.

Sa bawat kabanata dapat nating basahin ang Bibliya muna at subukang alamin ang mga paksa nito (talata), pagkatapos ay ipaghambing ang ating pagakakaunawa sa mga makabagong salin. Kung naunawaan na natin ang orihinal na layunin ng may akda sa pamamagitan ng pagsunod sa kanyang lohika at paglalahad, doon lamang nating masasabi na totoong naintindihan natin ang Bibliya. Tanging ang orhinal na may-akda lamang ang kinasihan- ang magbabasa ay walang karapatan na ibahin o baguhin ang mensahe. Ang mambabasa ng Bibliya ay may pananagutan na gamitin ang kinasihang katotohanan sa kanilang pang-araw-araw na buhay.

Pansining ang lahat ng teknikal na mga salita at mga pagdadaglat ay ipinaliwanag ng husto sa Mga Dagdag na Dahong Isa, Dalawa at Tatlo.

## IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng pagpapaliwanag. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata
2. Pangalawang talata
3. Pangatlong talata
4. Atbp.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:1**
**[1]Ang pasimula ng ebanghelyo ni Hesukristo, ang Anak ng Diyos.**

**1:1 "Ang pasimula"** Ang pasimulang pariralang ito ay tumutukoy ba sa
1. mismong pasimula gaya ng sa Genesis 1:1 at Juan 1:1
2. pasimula ng pagkakatawang-tao ni Hesus sa I Juan 1:1
3. pasimula ng pangmadlang ministeryo ni Hesus (i.e., personal na mga karanasan ni Pedro)

Ang unang talata tiyakang sa tumutukoy sa propesiya sa OT tungkol sa Mesias mula sa Isaias. Ang kuwento ng ebanghelyo ay nagsimula sa propetikong tradisyon ng Israel. Ang sipi sa vv. 2 at 3 ay isang pagsasama ng Malakias 3:1 at Isaias 40:3.

### NATATANGING PAKSA: *ARCHĒ*

Ang katagang "nasasakupan" ay ang Griyegong katagang *archē*, na ang ibig sabihin ay ang "simula" o "pinanggalingan" ng isang bagay.
1. pasimula ng nilikhang kaayusan (cf. Juan 1:1; I Juan 1:1; Hebreo 1:10)
2. ang pasimula ng ebanghelyo (cf. Marcos 1:1; taga-Filipos 4:15; II taga-Thesalonica 2:13; Hebreo 2:3)
3. unang mga saksi (cf. Lucas 1:2)
4. mga pasimulang tanda (mga himala, cf. Juan 2:11)
5. mga pasimulang mga prinsipyo (cf. Hebreo 5:12)
6. pasimulang katiyakan ayon sa mga katotohanan ng ebanghelyo (cf. Hebreo 3:14)
7. ang pasimula, taga-Colosas 1:18; Pahayag 3:14

Ito'y dumating upang gamitin bilang "tuntunin" o "awtoridad"
1. ng mga pinunong namamahala sa sangkatauhan

a. Lucas 12:11
b. Lucas 20:20
c. taga-Roma 13:3; Tito 3:1
2. sa mga maka-anghel na awtoridad
a. taga-Roma 8:38
b. I taga-Corinto 15:24
c. taga-Efeso 1:21; 3:10; 6:12
d. taga-Colosas 1:16; 2:10,15
e. Hudas 1:6

Ang mga huwad na gurong ito ay sinusuway ang lahat na awtoridad, makamundo man o makalanagit. Sila ay mga walang batas na mapagmalabis. Inilalagay nila ang kanilang mga sarili at ang kanilang mga inaasam ng una kaysa sa Diyos, mga anghel, mga sibil na awtoridad, at mga pinuno ng iglesya.

▣ **"ng ebanghelyo"** Sa Marcos na maaaring ang unang isinulat na Ebanghelyo, ito ang unang paggamit ng terminong *euangelion* (cf. 1:14,15; 8:35; 10:29; 13:10; 14:9) ng isang manunulat ng Ebanghelyo (ang paggamit ni Pablo sa taga-Galacia 2:2 at I taga-Thesalonica 2:9 ay mas nauna sa pagkakasunod-sunod). Iyon sa literal ay "ang mabuting balita" o "ang mabuting mensahe." Ito ay maliwanag na nagpapakilala ng Isaias 61:1 at maaaring 40:9 at 52:7. Ang *Jerome Biblical Commentary* ay nagsasabing "ang paggamit ni Marcos ng salitang 'ebanghelyo' ay katulad ng kay Pablo na kung saan, iyon ay mangangahulugan, alinman sa ang pagkilos ng pamamahayag o ang nilalaman ng kung ano ang ipinapahayag" (p. 24).

▣ **"ni Hesukristo, ang Anak ng Diyos"** Ang gramatikong anyo nito ay mauunawaan bilang (1) ang mensaheng ipinagkaloob ni Hesus o (2) ang mensahe tungkol kay Hesus. Ang ikalawa ay maaaring ang ninanais na kahulugan. Gayunman, ang *Dictionary of Jesus and the Gospels*, na inilimbag ng IVP, ay nagsasabing "Ang *genitive* ('ng') ay maaaring kapwa panarili at nilalayon: Si Hesus ang nagpapahayag ng ebanghelyo at iyon ang nagpapahayag ng kaniyang salaysay" (p. 285).

Ang talata 1 ay hindi isang buong pangungusap. Iyon ay maaaring ang pamagat ng aklat. Ang sinaunang Griyegong ansialong kasulatang א, A, B, D, L, at W ay nagdaragdag ng pariralang "Anak ng Diyos" na sinusunod ng NKJV at ang NRSV, TEV, at NIV, habang iyon ay nawawala sa (1) א*; (2) ang Palestinong Syriac; (3) isa Koptikong na kasulatan; (4) ang saling Gregorian; gayundin ang mula sa (5) saling Armenian at (6) isang sipi ng tekstong ito mula sa komentaryo ni Origen sa Juan. Ang UBS[4] ay binibigyan ang pagdaragdag ng isang "C" na antas (mahirap pagpasiyahan). Tingnan ang Natatanging Paksa sa "Anak ng Diyos" sa 3:11.

Mahirap para sa makabagong mga Kristiyano na nagmamahal at nagtitiwala sa Bibliya na makitungo ng may katuwiran sa mga kaibahan ng Griyegong kasulatan, ngunit kung gaano man kahirap iyon para sa ating mga pagpapalagay tungkol sa inspirasyon at pag-iingat sa sariling kapahayagan ng Diyos, sila ay isang katotohanan. Ang karagdagang ito ay tila mukhang may layunin, hindi aksidental. Ang mga sinaunang orthodox na eskriba ay nalalaman ang sinaunang bulaang pananaw tungkol kay Hesus, tulad ng *adoptionism*, na nagpapahayag na si Hesus ay naging Anak ng Diyos. Ang sinaunang mga eskriba ay kadalasang binababago ang Griyegong mga teksto na kanilang sinipi upang sila ay mas maging orthodox sa teolohiya (cf. I Juan 5:7-8). Para sa mga karagdagang pagbasa sa nakakabahalang makalayuning pagbabago sa Griyegong manuskrito ng mga eskribang orthodox, tingnan si Bart D. Ehrmans, *The Orthodox Corruption of Scripture*. Kaniyang tiyak na tinatalakay ang Marcos 1:1 sa pp. 72-75.

▣ **"ni Hesus"** Kadalasan, sa unang siglong Judaismo, ang ama ang nagpapangalan sa bata. Sa pagkakataong ito, ang Ama sa langit, sa pamamagitan ng isang anghel, ay binigyan ng pangalan ang bata. Ang mga Hudyong pangalan ay kadalasang ay nagdadala ng simbolikong kahulugan; ang isang ito ay hindi maililiban. Ang Hesus ay isang pagsasama ng dalawang Hebreong mga pangngalan: (1) YHWH at (2) kaligtasan. Ang kahalagahan ay makikita sa Mateo 1:21. Ang Hesus ay ang Griyegong salin ng ang Hebreong pangalan Josue. Siya nga ang bagong Moises, ang bagong Josue, at ang bagong Punong Saserdote.

▣ **"Kristo"** Ito ay ang Griyegong salin ng Hebreong terminong "Mesias," na ay nangangahulugang "isang pinahiran ng langis." Sa OT, ang pagpapahid ng Diyos sa mga pinuno (i.e., mga propeta, mga saserdote, at mga hari) ay sumasagisag sa Kaniyang panawagan at pagtataguyod para sa isang itinakdang tungkulin.

Ang terminong "Mesias" ay hindi ginamit nang madalas sa OT (cf. Daniel 9:25,26 para sa ang eskatolohikong hari), ngunit ang konsepto ay tiyak. Iyon ay kaagapay sa Mateo 1:1, "anak ng David," na tumutukoy sa isang maharlikang supling ng ulirang haring "David" ng Israel. Ipinangako ng Diyos kay David sa II Samuel 7 na isa sa kaniyang mga supling ang palagiang manghahari sa Israel. Ang pangakong ito ay tila sinira ng pagkawasak ng Babiloniya sa Herusalem at pagpapatapon sa mga naninirahan dito (i.e., 586 B.C.). Gayunman, ang mga propeta ay nagsimulang makita ang isang panghinaharap na binhi ni David (i.e., Isaias, Mikas, Malakias). Si Hesus ang ipinangakong "anak ng David," "anak ng tao" (cf. Daniel 7:13), at "anak ng Diyos" (ginamit ng limang beses sa Marcos).

Iyon ay kapansin-pansin na minsang lamang sa buong Ebanghelyo na ang katawagang "Hesus Kristo" ay ginamit sa

panimulang talata (tanging dalawang beses sa Mateo at Juan at wala sa Lucas). Karaniwan, gumagamit ng "Hesus" ang Marcos. Ang paggamit na ito ay umaakma sa teolohikong pagbibigay-diin ng Marcos sa pagkataon ni Hesus, habang Kaniyang pagka-Diyos ay itinago (i.e., lihim na pang-Mesias) hanggang sa katapusan ng Kaniyang pang-Mesias na misyon (i.e., Naghihirap na Lingkod). Iyon ay hindi hanggang sa aklat ng Mga Gawa na ang "Hesus Kristo" ay naging isang inuulit na titulo.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:2-8

**[2]Ayon sa pagkasulat kay Isaias na propeta, Narito, sinusugo ko ang aking sugo sa unahan ng iyong mukha, Na maghahanda ng iyong daan; [3]Ang tinig ng isang sumisigaw sa ilang, Ikamaya ninyo ang daan ng Panginoon, Tuwirin ninyo ang kaniyang mga landas; [4]Dumating si Juan, na nagbabautismo sa ilang at ipinangaral ang bautismo ng pagsisisi sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan. [5]At nilalabas siya ng buong lupain ng Judea, at nilang lahat na mga taga Herusalem; at sila ay binabautismuhan niya sa ilog ng Jordan, na nangagpapahayag ng kanilang mga kasalanan. [6]At si Juan ay nananamit ng balahibo ng kamelyo, at may isang pamigkis na katad sa palibot ng kaniyang baywang, at kumakain ng mga balang at pulot-pukyutan. [7]At siya ay nangangaral, na nagsasabi, Sumusunod sa hulihan ko ang lalong makapangyarihan kay sa akin; hindi ako karapatdapat yumukod at kumalag ng tali ng kaniyang mga pangyapak. [8]Binabautismuhan ko kayo sa tubig; datapuwat kayo ay babautismuhan niya sa Banal na Espiritu.**

**1:2 "Ayon sa pagkasulat"** Ang salitang "isinulat" ay GANAP NA PANAHUNAN, na isang Hudyong wikaing ginamit upang ipakilala ang walang hanggang kapahayagang ng Diyos (i.e., Banal na Kasulatan).

▣ **"kay Isaias na propeta"** Ang siping ito ay isang pagsasama ng Malakias 3:1 at Isaias 40:3. Iyon ay hindi mula sa Hebreong Masoretikong Teksto o ang Griyegong Septuagint ng Isaias 40:3. Dahil ito ang ilang mga eskriba ay binago ang teksto sa "isinulat sa mga propeta" (i.e., sa bahagi ng mga Propeta sa kanon ng OT). Ang PANG-ISAHAN ay makikita sa Griyegong ansialong kasulatang א, B, L at D, ngunit ang PANGMARAMIHAN ay sa MSS A, at W.

Ang Isaias 40-66 ay may dalawang pangunahing eskatolohikong pagbibigay-diin: (1) ang Nagdurusang Lingkod (i.e., lalo na sa 52:13-53:12) at (2) ang bagong panahon ng Espiritu (lalo na sa 56-66). Sa sumusunod na maikling panimula ng Marcos, mayroong maraming posibles pagkabanggit sa Isaias.

▣ **"'SINUSUGO KO ANG AKING SUGO SA UNAHAN NG IYONG MUKHA'"** Ang terminong "sugo" ay tumutukoy sa isang anghel (cf. Exodo 23:20a, na isa pang pagkabanggit sa Exodo), ngunit dito iyon ay tumutukoy sa isang "sugo" (cf. Malakias 3:1). Ito ay maaaring isang paglalaro ng salita sa terminong ebanghelyo (i.e., mabuting mensahe). Ito ay isa sa kaunting mga sipi sa OT sa Marcos na pangunahing isinulat sa taga-Roma. Iyon ay tumutukoy sa ministeryo ni Juan Bautista (cf. v. 4). Iyon ay nagpapakita na ang propesiyang tradisyon ay natutupad (ito rin ay makikita sa mga pagpapagaling at mga pagpapalayas ng demonyo ni Hesus, na mga propesiyang pang-Mesias din sa Isaias). Ang ministeryo ni Juan Bautista ay binanggit sa lahat ng apat na mga Ebanghelyo.

**1:3 "'ANG TINIG NG ISANG SUMISIGAW SA ILANG'"** Ito ay isang sipi ng Isaias 40:3 mula sa isang di-kilalang pinagmulan. Ang terminong "ilang" ay nangangahulugang di-tinitirhang pagtulad kaysa sa tuyo, mahangin, mabuhanging disyerto.

▣ **"'IHANDA NINYO ANG DAAN NG PANGINOON'"** Ito ay isang AORIST TAHAS NA PAUTOS, na nagpapakilala ng madaliang pagkilos. Sa MT, ang Panginoon (i.e., *adon*) ay mababasa, ngunit YHWH (LORD) sa Hebreong teksto. Ang parirala sa orihinal ay tumutukoy sa pisikal na paghahanda para sa isang maharlikang pagbisita (cf. Isaias 57:14; 62:10). Iyon ay dumating na patalinghaga sa ministeryo ni Juan Bautista sa paghakamayang espiritwal sa pagdaan ni Hesus ang Mesias na tinatawag ding "Panginoon" (i.e., *kurios*).

▣ **"'TUWIRIN NINYO ANG KANIYANG MGA LANDAS'"** Ang MT at LXX ay mayroong "tuwirin ninyo ang mga landas ng ating Diyos." Binago ni Marcos (o Pedro) ang teksto (o sinipi ang isang di-kilalang anyo ng teksto) upang gawin itong tiyak na nauugnay kay Hesus, hindi YHWH.

**1:4 "Juan Bautista"** Bakit nagbautismo si Juan ng tubig?
1. pagpapauna sa OT upang ipahiwatig ang pagpapasinaya ng "bagong kasunduan" (cf. Exodo 19:10,14; Isaias 1:16; Jeremias 31:34; Ezekiel 36:25)
2. isang gawa ng paglilinis mula sa karumihang pang-seremonya (cf. Levitico 15).
3. isang propetikong eskatolohikong talinghaga ng nagbibigay-buhay na tubig mula sa Diyos (e.g., Isaias 12:2-3; Jeremias 2:13; 17:13; Ezekiel 47:1; Zacarias 13:1; 14:8; Pahayag 22:1)
4. panggagaya ng bautismo ng nagbago ng paniniwala bilang panimulang ritwal upang maging bahagi ng bayan ng Diyos
5. isang rabinikong paraan sa paghahanda sa lahat ng mga manlalakbay upang makalapit kay YHWH sa Kaniyang templo (maaaring sa pamamagitan ng paglubog, cf. Miqvaot tractate sa *Mishnah*). Ang ritwal na pagligong ito ay

patuloy pa ring ginagawa ng mga Muslim bago pumasok sa isang mosque.

▣ **"dumating"** Ito ang paraan ni Marcos upang banggitin ang propesiya ng nakakagulat na pagpapakita ni Elias sa harapan ng "kagyat na pagpapakita" ng Mesias (cf. Malakias 3:1).

▣ **"ipinangangaral"** Ito ay ang terminong "pangangaral" (*kērussō*), ay nangangahulugang "malawakan o pangmadlang pagpapahayag ng isang mensahe" (cf. 1:4,7,14,38,39,45). Hindi gumamit si Marcos ng PANDIWA na anyo ng ebanghelyo (*euaggelizō).*

Si Juan ay dumating sa pangangaral ng isang bautismo para sa pagsisisi (tingnan ang Natatanging Paksa na susunod). Ito ay katulad na mensahe na pinagpatuloy ni Hesus, ngunit may karagdagang pagbibigay-diin sa "pananampalataya" (tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:15). Ang kambal na kasunduan na nangangailangan ng pagsisisi at pananampalataya na ipinapakita sa bautismo ay naging mga nilalaman pangangaral ng mga Apostol sa Mga Gawa (i.e., ang *kerygma*)

1. Pedro
    a. unang pangangaral ng iglesiya (Mga Gawa 2:37-39)
        (1) magsisi
        (2) magpabautismo
    b. pangalawang pangangaral ng iglesiya (Mga Gawa 3:16,19)
        (1) pananampalataya
        (2) pagsisisi
2. Felipe (Mga Gawa 8:12)
    a. manampalataya
    b. magpabautismo
3. Pablo
    a. bilanggo sa Filipos (Mga Gawa 16:31,33)
        (1) manampalataya
        (2) magpabautismo
    b. pagpapaalam sa mga matatanda na Efeso (Mga Gawa 20:21)
        (1) pagsisisi tungo sa Diyos
        (2) pananampalataya kay Kristo
    c. patotoo sa harapan ni Agrippa (Mga Gawa 26:18)
        (1) tumalikod sa kadiliman (Satanas), i.e., magsisi
        (2) sa liwanag (Diyos)

Para sa aking ang mga kailangan ng Bagong Kasunduan ay

1. magsisi
2. manampalataya
3. sumunod
4. magtiyaga

Ang layunin ng Bagong Kasunduan ay pagiging wangis ni Krisot ngayon upang makita ng iba ang pagbabago at mahikayat sila sa pananampalataya kay Kristo!

▣ **"bautismo ng pagsisisi"** Ang bautismo ay hindi ang mekanismo ng pagpapatawad, ngunit ang pagkakataon sa pangmadlang pagpapahayag ng mga mananampalataya ng pananampalataya. Ito ay hindi isang nakapagliligtas na pagkilos, ngunit isang bagong kaisipan sa kasalanan at isang bagong kaugnayan sa Diyos. Iyon ay isang panlabas na tanda ng isang panloob na pagbabago.

## NATATANGING PAKSA: PAGSISISI SA LUMANG TIPAN (REPENTANCE IN OT)

Ang konseptong ito ay napakahalaga ngunit napakahirap na bigyan kahulugan. Karamihan sa atin ay may paliwanag na nagmumula sa ating denominasyonal na kaanib. Gayunpaman, madalas ang "nakatakda" teolohikal na paliwanag ay inaaatas sa ilang mga Hebreong (at Griyego) mga salitan hindi partikular na nagpapahiwatig na "nakatakdang" kahulugan. Dapat na tandaan na ang mga may-akda ng NT (maliban kay Lucas) ay mga Hebreong mang-iisip na gumagamit ng Koine Griyegong mga termino, kaya ang lugar na pagsisimulan ay ang mga Hebreong termino mismo, kung saan may dalawang mga pangunahin.

1. *nacham* (BDB 636, KB 688)
2. *shub* (BDB 996, KB 1427)

Ang una, *nacham*, na sa orihinal ay tila nangahulugan na humugot ng malalim na buntong hininga, ay ginamit sa ilang mga pakahulugan.

a. "pahinga" o "ginhawa" (e.g., Genesis 5:29; 24:67; 27:42; 37:35; 38:12; 50:12; madalas ginamit sa mga pangalan, cf. II Hari 15:14; I Cronica 4:19; Nehemias 1:1; 7:7; Nahum 1:1)
b. "pighati" (e.g., Genesis 6:6,7)
c. "binagong isip" (e.g., Exodo 13:17; 32:12,14; Bilang 23:19)

d. “pagkahabag” (e.g., Deutronomio 32:36)

Pansinin na ang lahat ng mga ito ay nagsasangkot ng malalim na emosyon! Narito ang susi: malalim na damdamin na nagdudulot ng aksyon. Ang pagbabagong ito ng aksyon ay madalas na ibinibigay sa ibang mga tao, ngunit ibinibigay din sa Diyos. Ang pagbabago ng saloobin na ito at aksyon tungo sa Diyos na naghahawa sa terminong ito na lubhang may teolohikal na kahalagahan. Ngunit dito ang pag-iingat ay dapat na isinasagawa. Ang Diyos ay sinasabi na “nagsisi” (cf. Genesis 6:6,7; Exodo 32:14; Hukom 2:18; I Samuel 15:11,35; Awit 106:45),ngunit hindi ito nagreresulta mula sa kalumbayan sa kasalanan o pagkakamali, ngunit isang pampanitikang paraan ng pagpapakita ng Diyos ng pagkahabag at pag-aaruga (cf. Bilang 23:19; I Samuel 15:29; Awit 110:4; Jeremias 4:27-28; Ezekiel24:14). Ang nararapat na kaparusahan para sa kasalanan at rebelyon ay pinatawad kung ang nagkasala ay tunay na tumalikod sa kanyang kasalanan at bumalik sa Diyos. Ito ay muling pag-aangkop ng buhay.

Ang ikalawang termino, *shub*, ay ibig sabihin “lumiko” (lumiko mula, lumiko pabalik, lumiko sa). Ang PANDIWANG *shub* (BDB 996, KB 1427), sa karaniwan, ay nangangahulugang “lumiko pabalik or bumalik. Ito ay maaaring gamitin sa

1. pagtalikod sa Diyos, Bilang 14:43; Joshue 22:16, 18, 23, 29; Mga Hukom 2:19; 8:33; 1 Samuel 15:11; Mga Hari 9:6; Jeremias 3.19; 8:4
2. pagbalik sa Diyos, 1 Mga Hari 8:33, 48; 2 Cronica 7:14; 15:4; 30:9; Mga Awit 51:13; 116:7; Isaias 6:10; 10:21, 22; 31:6; Jeremias 3:7, 12, 14, 22; 4:1; 5:3; Osea 3:5; 5:4; 6:1; 7:10, 16; 11:5; 14:1, 2; Amos 4:6, 8-11 (pansinin lalo na ang Jeremias 7 at Amos 4)
3. pasimulang sinabi ni YHWH kay Isaias na si Juda ay hindi magsisisi/ayaw magsisi (cf. Isaias 6:10), ngunit hindi sa unang pagkakataon in aklat, tinawag Niya sila na bumalik sa Kaniya.

Ang pagsisisi ay hindi palaging sa isang damdamin bilang ito ay isang pag-uugali tungo sa Diyos. Ito ay isang muling pag-aangkop ng buhay mula sa sarili patungo sa Kaniya. Ito ay nangangahulugan ng kusang pagbabago at mabago. Ito ay hindi lubusang paghinto sa kasalana, ngunit isang pang-araw-araw na paghinto ng kilalang paghihimagsik! Ito ay isang pagbabaliktad ng makasariling mga bunga ng Pagkahulog ng Genesis 3. Ito ay nangangahulugang ang larawan at wangis ng Diyos (Genesis 1.26-27), bagamat nasira, ay napanumbalik! Ang pakikisama sa Diyos ng nalugmok na sangkatauhan ay maaari nang muli.

Ang pagsisisi sa OT ay pangunahing nangangahulugang “pagbabago sa pagkilos,” habang sa NT, pangunahing nangangahulugang “pagbabago ng isipan” (tingnan ang Natatanging Paksa: Pagsisisi (NT)). Kapwa ang mga ito ay kinakailangan para sa tunay sa biblikal na pagsisisi. Ito rin ay mahalagang malaman na ang pagsisisi ay kapwa panimulang pagkilos at isang nagpapatuloy sa proseso. Ang panimulang pagkilos ay mkikita sa Marcos 1:15; Mga Gawa 3:16 at 19; 20:21, habang the nagpapatuloy na proseso ay makikita sa 1 Juan 1:9; Pahayag 2 at 3. Ang pagsisisi ay hindi isang opsyon (cf. Lucas 13:3, 5)!

Kung ito ay totoo na ang dalawang kinakailangan para sa tipan ay mga “pagsisisi” at “pananampalataya” (e.g., Mateo 3:2; 4:17; Marcos 1:4,15; 2:17; Lucas 3:3,8; 5:32; 13:3,5; 15:7; 17:3), magkagayon ang *nacham* ay tumutukoy sa matinding mga damdamin ng pagkikilala sa kasalanan ng isa at paglayo sa mga ito, habang ang *swb* ay maaring tumukoy sa pagtalikud sa kasalanan at pagharap sa Diyos (isang halimbawa ay yaong dalawang mga espiritwal na mga aksyon ni Amos 4:6-11, “ hindi ka bumalik sa Akin” [limang beses] at Amos 5:4,6,14, “hanapin mo Ako. . .hanapin mo ang Panginoon. . .hanapin mo ang kabutihan hind ang kasamaan”).

Ang unang dakilang halimbawa ng kapangyarihan ng pagsisisi ay ang kasalanan ni David kay Bathsheba (cf. II Samuel 12; Awit 32, 51). Mayroong mga nagpapatuloy na konsekuwensiya para kay David, sa kanyang pamilya, ngunit si David ay pinanumbalik sa pakikisama sa Diyos! Maging ang masamang si Manasseh ay maaring magsisisi at patawarin (cf. II Cronica 33:12-13).

Parehong mga terminong ito ay ginamit na kahanay sa Awit 90:13. Mayroon dapat pagkilala sa kasalanan at isang puno ng layunin, personal na pagtalikod mula dito, at gayundin ang pagnanasang hanapin ang Diyos at Kanyang katuwiran (cf. Isaias 1:16-20). Ang pagsisisi ay may kognitibong aspeto, isang personal na aspeto, at isang moral na aspeto. Lahat ng tatlo ay kinakailangan, kapwa upang magsimula ng isang bagong relasyon sa Diyos at upang mapanatili ang bagong relasyon. Ang malalim na emosyon ng pagdadalamhati ay magiging nananatiling debosyon sa Diyos at para sa Diyos!

▣ **“sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan”** Ang terminong “pagpapatawad” sa literal ay nangangahulugang “ipag-isangtabi.” Ito ay isa sa maraming biblikal na termino para sa pagpapatawad. Iyon ay mga matalinghangang kaugnaya sa Araw ng Katubusan sa OT (cf. Levitico 16) kung saan ang isa sa dalawang natatanging kambing ay pinakawalan mula sa ang kuta ng Israel, na sumasagisag sa pagdadala ng kasalanan palayo (cf. Levitico 16:21-22; Hebreo 9:28; I Pedro 2:24).

Ang pariralang “ng mga kasalan” ay isang NILALAYONG DYENITIBO.

**1:5 “nilalabas siya ng buong lupain ng Judea, at nilang lahat na mga taga Herusalem”** Ito ay isang silanganing labis na pangungusap (i.e., eksaherasyon), ngunit iyon ay nagpapakita malaking epekto sa pangangaral ni Juan. Siya ang unang propetikong tinig mula pa sa Malakias na 400 na taong mas maaga. Ito ay DI-GANAP NA PANAHUNAN na

nangangahulugang ang tao ay nagpapatuloy na dumating dahil kanilang kinikilala si Juan bilang isang propeta.

▣ **"binabautismuhan"** Ito rin ay DI-GANAP NA PANAHUNAN na nagpapahayag ng nagpapatuloy na pagkilos sa nakalipas na panahon. Maraming mga Hudyo ay nadadama ang isang bagong panahon ng pagkilos ng Diyos at naghakamaya para dito.

▣ **"nangagpapahayag ng kanilang mga kasalanan"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG KATAGA, na sa literal ay nangangahulugang "magsalita ng katulad." Ito ay kanilang pangmadlang pagpapahayag ng kanilang pangangailangan para sa espiritwal na pagpapatawad.

Mayroong mga kahihinatnan na kung ang mga Hudyong ito na magsisisi at babaguhin ang kanilang pamumuhay, patatawarin nang lubusan ni YHWH ang kanilang mga kasalanan (cf. 1:4; Mateo 3:6; Lucas 3:3). Ito ay tiyak na huwaran ng OT. Kinapapalooban ito ng lubusang pagpapatawad sa pamamagitan ng pagsisisi, pananampalataya, pagbabago ng pamumuhay, at ngayon, bautismo bilang isang panlabas na simbolo! Ang huwaran ng OT ay binabago ng pang-Mesias na ministeryo ni Hesus. Ang mga parehong mga bagay ay mabisa pa rin, ngunit ngayon, ang personal na pananampalataya kay Hesus bilang Kristo ang sentrong isyu (cf. Mga Gawa 2:38; 3:16,19; 20:21). Ang apat na mga Ebanghelyo ay bumubuo ng isang transisyunal na yugto. Ang Marcos 1:14-15 ay yugto ni Juan Bautista, ngunit iyon sa teolohiya ay pagpapauna sa natapos na mensahe ng ebanghelyo (i.e., magsisi, manampalataya, at mamuha ng isang bagong buhay). Ang pangunahing isyu ay kung sino si Hesus! Siya ang kinatawan, tagapahayag, sinugo ni YHWH sa katubusan at kahatulan. Ito ang kadahilanan para sa Lihim ng Mesias sa Marcos. Si Hesus ay lubos na Diyos mula sa pasimula (i.e., pagdadalang-tao ng birhen), ngunit ito ay hindi lubusang nahayag sa hanggang sa pagkatapos ng Kaniyang muling pagkabuhay at pag-akyat sa langit.

## NATATANGING PAKSA: PAGPAPAHAYAG NG KASALANAN (CONFESSION)

A. Mayroong dalawang anyo ang katulad na Griyegong salitang-ugat na ginamit pagpapahayag ng kasalanan o pagpapahayag ng pananampalataya, *homolegeō*/*exomologō*. Ang tambalang salita ay mula sa *homo*, katulad; *legō*, magsalita; at *ex*, mula sa. Ang panimulang kahulugan ay sabihin ang katulad na bagay, sumang-ayon. Ang Griyegong PANG-UKOL na *ex* na ay nagdadagdag sa ideya ng pangmadlang pamamahayag.

B. Ang Ingles na mga salin ng pangkat ng salitang ito ay
   1. magpuri
   2. sumang-ayon
   3. magpahayag (cf. Mateo 7:23)
   4. pagtatapat
   5. paghingi ng kapatawaran (cf. Hebreo 4:14; 10:23)

C. Ang pangkat ng salitang ito ay may dalawang ay tila magkaibang pagkakagamit
   1. magpuri (Diyos)
   2. aminin ang kasalanan

   Ito ay nahubog marahil mula sa pakiramdam ng sangkatauhan sa kabanalang ng Diyos at ang pagiging makasalanan ng tao. Ang pag-amin ng isang katotohanan ay ang pag-amin ng pareho.

D. Ang mga pagkagamit sa NT ng pangkat ng salita ay
   1. mangako (cf. Mateo 14:7; Mga Gawa 7:17)
   2. pagsang-ayon o pagpayag sa isang bagay (cf. Juan 1:20; Lucas 22:6; Mga Gawa 24:14; Hebreo 11:13)
   3. magpuri (cf. Mateo 11:25; Lucas 10:21; taga-Roma 14:11; 15:9)
   4. pagsang-ayon sa
      a. isang persona (cf. Mateo 10:32; Lucas 12:8; Juan 9:22; 12:42; taga-Roma 10:9; taga-Filipos 2:11; I Juan 2:23; Pahayag 3:5)
      b. isang katotohanan (cf. Mga Gawa 23:8; II taga-Corinto 11:13; I Juan 4:2)
   5. gumawa ng isang pangmadlang pamamahayag ng (ligal na pakahulugan na nahubog putungo sa relihiyong paninindigan, cf. Mga Gawa 24:14; I Timoteo 6:13)
      a. walang pag-amin ng kasalanan (cf. I Timoteo 6:12; Hebreo 10:23)
      b. may pag-amin ng kasalanan (cf. Mateo 3:6; Gawa 19:18; Hebreo 4:14; Santiago 5:16; I Juan 1:9)

**1:6 "si Juan ay nananamit ng balahibo ng kamelyo"** Ito ay kaniyang karaniwang pang-araw-araw na kasuutan (i.e., GANAP NA PANGGITNANG KATAGA). Ito ay hindi balat ng isang kamelyo, ngunit isang damit na hinabi mula sa balat nito (cf. II Mga Hari 1:8; Mateo 3:4). Siya ay isang tao ng disyerto at isang propeta (cf. Zacarias 13:4). Si Juan ay tulad ni Elias manamit, na sinasabi ni Malakias 3:1 at 4:5 na sinasabing tagapauna ng Mesias.

▣ **"mga balang at pulot-pukyutan"** Ito ay karaniwang pagkain ng mga taong disyerto. Ang mga balang ay malinis para sa levita at katanggap-tanggap na pagkain (cf. Levitico 11:22). Kinakain niya kung ano ang makikita sa kalikasan.

**1:7** Ang talatang ito at v. 8 ay nagpapakita ng paghakamayang paksa sa mensahe ni Juan. Nakikilala niya ang kaniyang

tungkulin at lugar na may kaugnayan sa isang paparito ng Diyos (cf. Juan 3:30). Naramdaman niya ang pagiging isang lingkod, isang alipin (i.e., tanging ang mga alipin lamang ang nag-aalis ng sapatos). Ang sariling pagbaba ni Juan ay naitala sa lahat ng apat na mga Ebanghelyo (cf. Mateo 3:11; Lucas 3:16; at Juan 1:27; gayundin sa pangangaral ni Pablo sa Mga Gawa 13:25). Ito ay maaaring isinama ng mga manunulat ng Ebanghelyo dahil sa isang ereheng pagsunod na umusbong kinalaunan patungkol kay Juan Bautista (cf. Mga Gawa 18:24-19:7).

**1:8 "Binabautismuhan ko kayo sa tubig"** Tandaan, ang bautismo ni Juan ay paghahanda. Hindit to tumutukoy sa Kristiyanong bautismo. Si Juan ang hulding propeta sa OT (cf. Lucas 16:16), isang panandaliang mangangaral, hindi ang unang ebanghelyong mangangaral (cf. Lucas 16:16; Mga Gawa 19:17). Siya, tulad ng mga sipi mula sa Isaias, ang nag-uugnay sa lumang kasunduan at ang bagong kasunduan.

▣ **"kayo ay babautismuhan niya sa Banal na Espiritu"** Ito ay paghahambing sa bautismo ni Juan. Ang Mesias ang magpapasinaya ng bagong panahon ng Espiritu. Ang Kaniyang bautismo ay kasama (o "ng" o "sa pamamagitan") ng Espiritu. Mayroong maraming pagtalakay sa gitna ng mga denominasyon sa kung anong pangyayari sa Kristiyanong karanasan ito pumapatungkol. Ang ilan ay ipinagpapalagay na ito tumutukoy sa isang pagpapalakas na karanasan pagkatapos ng kaligtasan, isang uri ng pangalawang pagpapala. Sa aking palagay, iyon ay tumutukoy sa pagigining isang Kristiyano (cf. I taga-Corinto 12:13). Hindi ko itinatanggi ang mga susunod na pagpupuno at pagpapalakas, ngunit naniniwala ako na mayroon lamang isang paunang espiritwal na bautismo kay Kristo sa mga mananampalataya na nagpapakilala sa kamatayan at muling pagkabuhay ni Hesus (cf. taga-Roma 6:3-4; taga-Efeso 4:5; taga-Colosas 2:12). Ito paunang gawain ng Espiritu na isinalaysay sa Juan 16:8-11. Sa aking pagkakaunawa, ang mga gawain ng Banal na Espiritu ay:

1. panunumbat sa kasalanan
2. pagpapahayag ng katotohanan tungkol kay Kristo
3. pangunguna sa pagtanggap ng ebanghelyo
4. pagbabautismo patungo kay Kristo
5. panunumbat sa mananampalataya na nagpapatuloy sa kasalanan
6. pagbubuo ng wangis ni Kristo sa mananampalataya

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:9-11

**[9]At nangyari nang mga araw na yaon, na nanggaling si Hesus sa Nazaret ng Galilea, at siya ay binautismuhan ni Juan sa Jordan. [10]At karakarakang pagahon sa tubig, ay nakita niyang biglang nangabuksan ang mga langit, at ang Espiritu na tulad sa isang kalapati na bumababa sa kaniya: [11]At may isang tinig na nagmula sa mga langit, Ikaw ang sinisinta kong Anak, sa iyo ako lubos na nalulugod.**

**1:9 "na nanggaling si Hesus sa Nazaret ng Galilea"** Hesus ay ibinanganak sa Bethlehem ng Judea, nanirahan ng ilang mga taon sa Ehipto, at pagkatapos ay tumira sa Nazareth, ang bayang sinilangan nina Jose at Maria, na isang maliit, bagong paninirahan ng mga Hudyo sa hilaga. Ang naunang ministeryo ni Hesus ay sa hilagang bahagi na nakapalibot sa Dagat ng Galilea, na nagtutupad ng propesiya ng Isaias 9:1.

▣ **"Hesus. . .ay binautismuhan"** Ang mga Ebanghelyo magkakaiba sa kanilang sinaunang mga pagkakasunod-sunod ng ng mga ministeryo ni Hesus sa Galilea at Judea. Iyon ay tila mayroong isang naunang ministeryo sa Judea at isang kinalaunan, ngunit lahat ng apat na mga pagkakasunod-sunod ng Ebanghelyo ay kailangang tumugma upang makita ang naunang pagparito sa Judea (i.e., Juan 2:13-4:3).

Kung bakit nabautismuhan si Hesus ay palagiang pagkabahala para sa mga mananampalataya dahil bautismo ni Juan ay isang bautismo ng pagsisisi. Hindi kailangan ni Hesus ng pagpapatawad dahil Siya ay walang kasalanan (cf. II taga-Corinto 5:21; Hebreo 4:15; 7:26; I Pedro 2:22; I Juan 3:5).

Ang mga teoriya ay:

1. iyon ay isang halimbawa upang sundan ng mga mananampalataya
2. iyon ay Kaniyang pagpapakilala sa mga pangangailangan ng mananampalataya
3. iyon ay Kaniyang ordinasyon at pagtataguyod para sa ministeryo
4. iyon ay isang simbolo ng Kaniyang pangkatubusang tungkulin
5. iyon ay Kaniyang pagsang-ayon sa ministeryo at mensahe ni Juan Bautista
6. iyon ay isang pang-propesiyang pagpapauna ng Kaniyang kamatayan, paglibing, at muling pagkabuhay (cf. taga-Roma 6:4; taga-Colosas 2:12).

Kung anuman ang dahila, ito ay isang tiyak na yugto sa buhay ni Hesus. Bagaman ito ay hindi nagpapahiwatig na si Hesus ay naging Mesias sa puntong ito, na siyang sinaunang hidwang paniniwala ng adopsyonism (cf. *The Orthodox Corruption of Scripture* ni Bart D. Ehrman, pp. 47-118), iyon ay nagtaglay ng dakilang kahalagahan para sa Kaniya.

**1:10**
| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | **"kara-karaka"** |
| **NRSV** | **"parang"** |
| **TEV** | **"pagdaka"** |

**NJB** **"kagyat"**

Ito ay isang lubhang karaniwang termino sa Marcos. Iyon ay nagpapakilala ng kaniyang Ebanghelyo. Dito, ang *euthus* ay isinaling "kagyat" o "pagdaka" (cf. 1:10,12,18,20,21,20,28,42; 2:2,8,12; 3:6; 4:5,15,16,17,29; 5:5,29,42; 6:25,27,45, 50,54; 7:35; 8:10; 9:15,20,24; 10:52; 11:3; 14:43,45; 15:1).

Ito ay ang termino na nagtatakda sa Ebanghelyo ng Marcos ng mabilisan, pagkilos na kalagayang damdamin, na nagsasamo sa taga-Roma. Ang pangkat ng salisang ito ay ginamit ng halos 47 na beses sa Marcos (cf. *A Translator's Handbook on the Gospel of Mark* nina Robert Bratcher at Eugene Nida, p. 29).

▣ **"pagahon sa tubig"** Ito ay maaaring isang pagkabanggit sa Isaias 63:11, kung saan iyon sa orihinal ay tumutukoy sa Dagat na Pula (i.e., isang bagong exodo kay Hesus, na tutuksuhin kinalaunan sa loog ng apatnapung araw habang ang Israel ay apatnapung taon). Ang talatang ito hindi magagamit bilang isang patunay-na-teksto para sa paglubog. Sa konteksto, iyon maaaring nagpapahiwatig ng paglabas sa ilog, hindi galing mula sa ilalim ng tubig.

▣ **"nakita niya"** Ito maaaring nagpapahiwatig na tanging si Hesus ang nakakita at nakakita ng pang-Mesias na pagpapa-tunay. Kung gayon nga, ito ay tumutugma sa inuulit na paksa ng Lihim ng Mesias ni Marcos. Gayunman, ang ibang mga Ebanghelyo ay tinala rin ang pangyayaring ito sa isang kahawig na paraan (cf. Mateo 3:13-17; Lucas 3:21-22).

▣ **"nangabuksan ang mga langit"** Ito ay maaaring isang pagkabanggit sa Isaias 64:1. Ang terminong ito ay nangangahulugang punitin, na maaaring isang talinghaga para sa pagpunit upang mabuksan ang kabilugan sa ibabaw ng lupa (cf. Genesis 1:6).

▣ **"ang Espiritu na tulad sa isang kalapati"** Ang pinagmulan ng talinghagang ito ay maaaring

1. ang Espiritu ay lumimlim sa tubig sa Genesis 1:2
2. ang mga ibon na pinalabas ni Noe sa Arko sa Genesis 8:6-12
3. ang paggamit ng mga rabbi nito bilang isang simbolo ng bayan ng Israel (cf. Mga Awit 68:13; 74:19)
4. isang simbolo ng kahinahunan at kapayapaan (cf. Mateo 10:16)

Isang dahilan na ako ay personal na lubhang tapat sa pangkasaysayan-gramatikong pamamaraan ng biblikal na pagbibigay-kuhulugan, na tumutuon sa layon ng may-akda na ipinahahayag sa pampanitikang konteksto, ang mapanlinlang o tusong paraan ng mga sinaunang tagapagpaliwanag (gayon din ang mga makabago) ay hinawakan ang teksto upang umakma sa kanilang paunang teolohikong balangkas. Sa pamamagitan ng pagdaragdat ng mga halaga sa bilang ng mga titik sa Griyegong salitang "kalapati" (*peristera*), na tumutumbas sa 801, makukuha din ang katulad na halaga ng bilang ng mga Griyegong salita na *alpha* (katumbas ay 1) at *omega* (katumbas ay 800), kaya ang kalapati ay katumbas ng walang hanggang Kristo Espiritu. Ito ay lubhang tuso, ngunit iyon ay *isogetic*, hindi *exegetic*!

▣ **"sa Kaniya"** Ito ay ang PANG-UKOL *eis* na nangangahulugang "sa." Iyon ay hindi nangangahulugan na nagpapahiwatig na Hesus ay wala pang Banal na Espiritu, ngunit ito ay isang natatanging nakikitang tanda ng pagpapalakas ng Espiritu para sa Kaniyang itinakdang pang-Mesias na tungkulin. Ito ay maaaring isang pagkabanggit sa natupad na propesiya (cf. Isaias 63:11).

Ang Marcos ay gumagamit ng pang-ukol na "sa" *(eis)*, ngunit ang Mateo at Lucas ay gumagamit ng "sa ibabaw ng" (*epi*). Ito ay dahil ang Ebanghelyo ni Marcos, na walang mga salaysay sa kapanganakan o mga pagdalaw, ay nagsimula sa ministeryo ni Hesus sa pangyayari ng pagbabautismo. Ang kaikliang ito ay ginamit ng mga ereheng pangkat, *Adoptionists* at *Gnostics*, upang ipahayag na si Hesus, isang karaniwang tao, ay pinapalakas na higit sa karaniwa ng "Kristong Espiritu" at sa sandaling ito at mula noon ay nakakagawa ng mga himala. Nang lumaon, ang mga eskriba, samakatuwid, ay binago ang pang-ukol sa "sa" (*pros*).

## NATATANGING PAKSA: ADOPSYONISMO (maagang kamalian sa doktrina) (ADOPTIONISM (early heresy))

Ito ay isa sa mga sinaunang pananaw sa kaugnayan ni Hesus sa Diyos bilang buong Diyos ngunit buong tao (cf. 1 Juan 4:1-3). Ipinapahayag nito na si Hesus ay isang karaniwang tao sa bawat paraan at "kinupkop," "inanak" sa isang natatanging kaunawaan ng Diyos sa kaniyang bautismo (cf. Mateo 3:17; Marcos 1:11) o sa Kaniyang muling pagkabuhay (cf. taga-Roma 1:4). Si Hesus ay namuhay ng isang huwarang buhay na ang Diyos, sa isang pagkakataon, (bautismo, muling pagkabuhay) ay [1] kinupkop Siya bilang Kaniyang "anak" (cf. taga-Roma 1:4; taga-Filipinos 2:9) o [2] "inanak," cf. Mga Awit 2.7, na sinipi sa Mga Hebreo 1:5; 5:5, na tumutukoy kay Hesus. Ito ay isang sinaunang iglesiya at ika-8 siglo kamalian sa doktrina. Sa halip na ang Diyos ay naging isang tao (ang pagkakatawang-tao) nabaliktad ito at ngayon, ang tao ay naging Diyos! Itinatanggi nito ang pag-iral ni Hesus bago pa ang paglalang (cf. Juan 1:1-2; 8:56-59; 16:28; 17:5; 2 taga-Corinto 8:9; taga-Filipos 2:6-7; taga-Colosas 1:17; Mga Hebreo 1:3; 10:5-8).

Iyon ay mahirap maisawika kung paanong si Hesus, Diyos Anak, Diyos na umiiral bago pa ang paglalang, ay ginantimpalaan o itinanyag para sa isang ulirang buhay. Kung Siya ay Diyos na, bakit pa Siya pinagkalooban? Kung Siya ay mayroong pagka-Diyos na kaluwalhatian, bakit kailangan pa siyang higit dakilain? Bagaman iyon ay mahirap

para sa atin upang maunawaan, ang Ama sa kabilang-banda ay pinangaralan si Hesus sa isang natatanging pagpapahalaga para sa Kaniyang ganap na pagtupad sa kalooban ng Ama.

**NATATANGING PAKSA: NOSTISISMO (mula sa Griyegong salita na *gnosis*, na nangangahulungang "kaalaman," cf. Timoteo 6:20)**
**(GNOSTICISM (from Greek word *gnosis*, which means "knowledge," cf. I Tim. 6:20))**

I. Ang kalagayan ng unang siglo
Ang Romanong mundo ng unang siglo ay ang panaho ng eklektisismo sa pagitan ng Silangan at Kanlurang relihiyon. Ang mga diyos ng Griyego at Romanong mga pantheon ay masama ang pagkilala. Ang mga relihiyon ng hiwaga ay napakasikat dahil sa kanilang pagbibigay-diin sa personal na pakikipag-ugnayan sa diyos at lihim na kaalaman. Ang sekular ng Griyegong pilosopiya ay sikat at sumasanib sa ibang mga pananaw-mundo. Sa mundong ito ng eklektikong relihiyon ay nagmula ang pagtatangi ng Kristiyanong pananampalataya (si Hesus ang tanging daan sa Diyos, cf. Juan 14:6). Kung anuman ang tiyak na kaligiran ng kamalian, ito ay isang pagtatangka na pasubalian ang pagtatangi ng Kristiyanismo (i.e., Juan 14:6; 1 John 5:12) at katanggap-tanggap sa kaalaman sa isang mas malawak na Griyego-Romanong mambabasa. Ito ay maaaring ang Nostikong kaisipan ay nagsimula sa maliit na sektang pang-Hudyo (i.e., isang halimbawa: sektang DSS). Ito ang maaaring magpaliwanag ng pang-Hudyong sangkap ng mga aklat ng NT sa Nostisismo.

II. Ilan sa mga pangunahing simulain ng kamalian sa pamamagitan ng panloob na katibayan mula sa 1 Juan.
   A. isang pagtatanggi sa pagkakatawang-tao ni Hesukristo
   B. isang pagtatanggi sa pagiging-sentro ni Hesukristo sa kaligtasan
   C. kakulangan ng isang nararapt ng Kristiyanong pamumuhay
   D. isang pagdidiin sa kaalaman (kasalasang lihim)
   E. isang pagkahilig sa paggiging natatangi at elitismo

III. Panimulang Nostisismo ng unang siglo
   A. Ang mga saligang katuruan ng Panimulang Nostisismo ng unang siglo ay tila sa pagbibigay-diin sa ontolohikong (walang-hanggan) na dualismo sa pagitan ng espiritu at bagay. Ang Espiritu (mataas na diyos) ay pinagpapalgay na mabuti, habang ang bagay ay likas na masama. Ang dalawang bahagi ay binubuo ng
      1. uliran laban sa pisikal na platonismo
      2. makalangit laban sa makamundo
      3. di-nakikita laban sa nakikita
      Mayroon ding pagbibigay-diin sa kahalagahan ng lihim na kaalaman (mga password o lihim na kodigo na nagpapahintuloy sa isang kaluluwa na pumasok sa pamamagitan ng mga maka-anghel na kabilugan [*aeons*] patungo sa mataas na diyos) na kinakailangan para sa kaligtasan.
      4. maaaring isang impluwensiya mula sa Zoroastrianismo
   B. Mayroon dalawang anyo ng Pasimulang Nostisismo na tila maaaring kaligiran ng 1 Juan
      1. Dosetikong Nostisismo, na itinatanggi ang tunay na pagkatao ni Hesus dahil ang bagay ay masama
      2. Cerinthianong Nostisismo, na kinikilala ang Kristo sa isa sa maraming aeons or mga maka-anghel na antas sa pagitan ng mabuting mataas ng diyos at masamang bagay. Ang "Kristiong Espiritu" ay nananahan sa taong Hesus sa kaniyang bautismo at iniwan siya bago ang pagpapapako sa krus.
      3. sa dalawang pangkat na ito, ang ilan sa tila gumagawa ng asetisismo (kung ninanais ito ng katawan, ito ay masama), ang ibang antinomianismo (kung ninanais ng katawan)
   C. Walang naisulat na katibayan ng isang maunlad na sistema ng Nostisismo noong unang siglo. Ito ay lumitaw noong gitnang bahagi ng ikalawang siglo na makikita ang naisulat na katibayan (tingnan ang Nag Hammadi Texts). Para sa mas higit na impormasyon sa "Nostisismo," tingnan ang
      1. *The Gnostic Religion* ni Hans Jonas, inilimbang ng Beacon Press
      2. *The Gnostic Gospels* ni Elaine Pagels, na inilimbag ng Random House
      3. *The Nag Hammadi Gnostic Texts and the Bible* ni Andrew Helmbold

IV. Ang Maling Pananampalataya Ngayon
   A. Ang espiritu ng kamaliang ito ay makikita sa atin ngayon kapag sinusubukan nang taong paghaluin ang Kristiyanong katotohanan kasama ng ibang sistema ng kaisipan.
   B. Ang espiritu ng kamaliang ito ay makikita sa atin ngayon kapag ang mga tao ay nagbibigay-diin sa "tamang" doktrina na naghihiwalay ng personal na pakikipag-ugnayan at pamumuhay na pananampalataya.
   C. Ang espiritu ng kamaliang ito ay makikita sa atin ngayon kapag ang mga tao pumipihit sa Kristiyanism bilang isang natatanging pangkaisipang elitismo.
   D. Ang espiritu ng kamaliang ito ay makikita sa atin ngayon kapag ang mga relihilyosong tao ay bumabaling sa asetisismo or antinomyanismo bilang pinakamahusay na paraan upang maghanap ng pagkiling sa Diyos.

**1:11 "isang tinig na nagmula sa mga langit"** Ang mga rabbi ay tinawag ang makalangit na tinig na isang *Bath Kol* (cf. 9:7), na ang pamamaraan ng pagpapatibay ng kalooban ng Diyos sa panahon ng *interbiblical* na yugto kung saan walang

propeta. Ito ay isang makapangyarihang maka-Diyos na pagpapatibay sa kanilang pamilyar sa rabinikal na Judaismo.

▣ **"'Ikaw ang sinisinta kong Anak'"** Ang dalawang mga titulo ay pinagkakaisa ang maharlikang aspeto ng Mesias (Mga Awit 2:7) sa Nagdurusang Lingkod ng Isaias (Isaias 42:1). Ang terminong "anak" sa OT ay maaaring tumutukoy sa (1) ang bayan ng Israel; (2) ang Hari ng Israel; o (3) ang darating na pang-Mesias na Haring galing kay David. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 3:16.

Pansinin ang tatlong mga persona ng Trinidad sa v. 11: ang Espiritu, ang tinig mula sa langit, at ang Anak, ang tumanggap ng dalawa.

## NATATANGING PAKSA: ANG TRINIDAD (THE TRINITY)

Pansinin na ang mga pagkilos ng lahat ng tatlong mga Persona ng Trinidad sa nagkakaisang mga konteksto. Ang salitang "trinidad," na unang ginamit ni Tertullian, ay hindi isang biblikal na salita, ngunit ang kaisipan ay malaganap.

A. Ang mga Ebanghelyo
   1. Mateo 3:16-17; 28:19 (at mga katulad)
   2. Juan 14:26
B. Mga Gawa – Mga Gawa 2:32-33, 38-39
C. Pablo
   1. taga-Roma 1:4-5; 5:1,5; 8:1-4,8-10
   2. I taga-Corinto 2:8-10; 12:4-6
   3. II taga-Corinto 1:21; 13:14
   4. taga-Galacia 4:4-6
   5. taga-Efeso 1:3-14,17; 2:18; 3:14-17; 4:4-6
   6. I taga-Thesalonica 1:2-5
   7. II taga-Thesalonica 2:13
   8. Tito 3:4-6
D. Pedro – I Pedro 1:2
E. Hudas – vv. 20-21

Ang pagkamarami (*plurality*) ng Diyos ay ipinahiwatig sa OT.

A. Gamit ng MGA PANG-MARAMIHAN para sa Diyos
   1. Ang pangalang *Elohim* ay PANGMARAMIHAN (tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Mga Pangalan sa Pagka-Diyos) ngunit kung ginamit sa Diyos palaging may PANG-ISAHANG PANDIWA
   2. "Tayo" sa Genesis 1:26-27; 3:22; 11:7
B. "Ang Anghel ng Panginoon" (tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Anghel ng Panginoon) ay isang nakikitang kinatawan ng pagka-Diyos
   1. Genesis 16:7-13; 22:11-15; 31:11,13; 48:15-16
   2. Exodo 3:2,4; 13:21; 14:19
   3. Mga Hukom 2:1; 6:22-23; 13:3-22
   4. Zacarias 3:1-2
C. Ang Diyos at ang Kanyang Espiritu ay magkahiwalay, Genesis 1:1-2; Awit 104:30; Isaias 63:9-11; Ezekiel 37:13-14
D. Ang Diyos (YHWH) at ang Mesias (*Adon*) ay magkahiwalay, Awit 45:6-7; 110:1; Zacarias 2:8-11; 10:9-12
E. Ang Mesias at ang Espiritu ay magkahiwalay, Zacarias 12:10
F. Lahat ng tatlo ay nabanggit sa Isaias 48:16; 61:1

Ang pagka-Diyos ni Hesus at ang persona ng Espiritu ay nagdulot ng mga suliranin para sa mahigpit, *monotheistic* (tingnan ang Natatanging Paksa: Monoteismo), naunang mga mananampalataya.

1. Tertullian – mababa ang Anak sa Ama
2. Origen – mababa ang esensyang pagka-Diyos ng Anak at ng Espiritu
3. Arius – itinanggi ang pagka-Diyos ng Anak at Espiritu
4. Monarchianismo – naniniawala sa isang sunod-sunod na pagpapahayag ng isang Diyos bilang Ama, Anak, pagkatapos ay Espiritu

Ang trinidad ay isang paglagong pangkasaysayan na pagbabalangkas ng mga biblikal na mga sangkap

1. ang buong pagka-Diyos ni Hesus, na katumbas ng sa Ama, ay pinagtibay noong A.D. 325 ng Konseho ng Nicea
2. ang buong persona at pagka-Diyos ng Espiritu na katumbas ng Ama at Anak ay pinagtibay ng Konseho ng Constantinople (A.D. 381)
3. ang doktrina ng trinidad ay lubusang naipahayag sa gawa ni Augustino, *De Trinitate*

May tunay na hiwaga dito. Ngunit ang NT ay nagpapatibay sa isang diwa (monoteismo) ng Diyos na may tatlong personal na mga pagpapahayag (Ama, Anak and Espiritu).

▣ **"aking sinisinta"** Ang pariralang ito ay alinman sa (1) isang titulo para sa Mesias na makikita sa NRSV, NJB, at

*Williams* na mga salin o (2) isang paglalarawang parirala na makikita sa NASB, NKJV, at TEV. Sa Griyegong salin ng OT, ang Septuagint, ito ay mauunawaan bilang "natatangi" o kahit na "tangi," katulad sa Juan 3:16.

▣ **"'sa iyo ako lubos na nalulugod"** Ang paglalarawang parirala ay kaagapay sa Mateo 3:17 at 17:5 (ang Pagpapalit-Anyo). Gayunman, ang paglalarawang parirala ay hindi makikita sa Marcos 9:7 at Lucas 9:35.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:12-13**

**12At pagdaka ay itinaboy siya ng Espiritu sa ilang. 13At siya ay nasa ilang na apat na pung araw na tinutukso ni Satanas; at kasama siya ng mga ganid; at pinaglingkuran siya ng mga anghel.**

**1:12-13** Ang talang ito ng panunukso kay Hesus ay lubhang maikli kung ihahambing sa Mateo 4:1-11 at Lucas 4:1-13. Sa mga talang ito, ang layunin ng panunukso ay malinaw: paano magagamit ni Hesus ang Kaniyang pang-Mesias na kapangyarihan upang maisakatupran ang Kaniyang pangkatubusang tungkulin (cf. James Stewart, *The Life and Teaching of Jesus Christ*, pp. 39-46)? Ngunit ano ang maaaring kahulugan ng maikling tala ng Marcos? Iyon ay maaari na nakita ni Pedro ang pangyayaring ito bilang isang simbolo ng pagkatalo ni Hesus sa kasamaan (i.e., sa pamamagitan ng pagpapalakas sa Espiritu), isang pagpapauna sa Linggo ng Pagdurusa. Ngunit ito ay haka-haka lamang. Ang teksto mismo ay walang binibigay na palatandaan maliban sa oras ng pangyayari—pagkatapos lamang (1) pagpupuspos ng Espiritu at pagpapakilala ng Ama, ngunit bago ng pangmadlang ministeryo ni Hesus. Ito ay isa sa tatlong mga pangyayari na binanggit na nauna sa pangmadlang ministeryo ni Hesus ([1] ministeryo ni Juan; [2] bautismo ni Juan; at [3] panunukso ni Satanas).

**1:12 "pagdaka"** Tingnan ang tala sa 1:10.

▣ **"itinaboy siya ng Espiritu sa ilang"** Ang terminong "itinaboy" ay ang malakas na terminong "inilabas" (ay kadalasang ginamit sa mga pagpapalayas ng demonyo, cf. 1:34,39; 3:15,22,23; 6:13; 7:26; 9:18,28,38). Ang panunukso sa Anak ay pangangatawan ng kasamaan, ngunit inudyok ng Espiritu (cf. Mateo 4:1-11; Lucas 4:1-13). Iyon ay kalooban ng Diyos na si Hesus ay masubukan! Nais kong imungkahi ang dalawang mabuting aklat sa paksang ito , *The Life and Teaching of Jesus* ni James S. Stewart at *Between God and Satan* ni Helmut Thielicke.

Sa OT, ang ilang ay isang panahon ng pagsubok para sa Israel, ngunit isang panahon din ng napakaplapit na ugnayan. Ang mga rabbi ay tinawag ang yugto ng paglalagalag sa ilang na pagpupulot-gata sa pagitan ni YHWH at Israel. Sina Elias at Juan Bautista ay lumaki sa ilang. Iyon ay isang lugar ng pag-iisa para sa pagsasanay, pagninilay-nilay, at paghahanda para sa aktibong ministeryo. Ang yugtong ito ay napakahalaga para sa paghahanda ni Hesus (cf. Hebreo 5:8).

**1:13 "apat na pung araw"** Ito ay ginamit kapwa literal at patalinghaga sa ang Bibliya. Iyon ay nagpapakilala ng isang mahabang yugto ng panahon na walang katiyakan (i.e., mas mahaba sa isang yugto ng buwan, ngunit mas maikli sa isang pagbabagong panahon).

**NATATANGING PAKSA: MGA SIMBOLIKONG BILANG SA KASULATAN (SYMBOLIC NUMBERS IN SCRIPTURE)**

A. Ilang mga bilang ay gumaganap bilang kapwa pang numero at simbolo.
   1. Isa – Diyos (e.g., Deutronomio 6:4; taga-Efeso 4:4-6)
   2. Apat – ang buong mundo (i.e., Apat na mga sulok, Apat na mga hangin)
   3. Anim – pantaong di-kaganapan (kulang ng isa sa 7, e.g., Pahayag 13:18)
   4. Pito – banal na perpeksyon (ang pitong mga araw ng paglikha). Pansinin ang simbolikong pagkakagamit sa Pahayag:
      a. pitong mga kandelero, Pahayag 1:12,20; 2:1
      b. pitong mga bituin, Pahyag 1:16,20; 2:1
      c. pitong mga iglesya, Pahayag 1:20
      d. pitong mga espiritu ng Diyos, Pahayag 3:1; 4:5; 5:6
      e. pitong mga lampara, Pahayag 4:5
      f. pitong mga selyo, Pahayag 5:1,5
      g. pitong mga sungay at pitong mga mata, Pahayag 5:6
      h. pitong mga anghel, Pahayag 8:2,6; 15:1,6,7,8; 16:1; 17:1
      i. pitong mga trumpeta, Pahayag 8:2,6
      j. pitong mga kulog, Pahayag 10:3,4
      k. pitong libo, Pahayag 11:13
      l. pitong mga ulo, Pahayag 13:1; 17:3,7,9
      m. pitong mga salot, Pahayag 15:1,6,8; 21:9
      n. pitong mga mangkok, Pahayag 15:7; 21:9
      o. pitong mga hari, Pahayag 17:10

5. Sampu – kapunuan
   a. gamit sa mga Ebanghelyo
      (1) Mateo 20:24; 25:1,28
      (2) Marcos 10:41
      (3) Lucas 14:31; 15:8; 17:12,17; 19:13,16,17,24,25
   b. ginamit sa Pahayag
      (1) Pahayag 2:10, sampung mga araw ng tribulasyon
      (2) Pahayag 12:3; 17:3,7,12,16, sampung mga sungay
      (3) Pahayag 13:1, sampung mga korona
   c. kalipunan ng mga 10 sa Pahayag
      (1) 144,000 = 12x12x1000, cf. Pahayag 7:4; 14:1,3
      (2) 1,000 = 10x10x10, cf. Pahayag 20:2,3,6
6. Labindalawa – samahan ng mga tao
   a. labindalawang mga anak ni Jacob (i.e., labindalawang angkan ng Israel, Genesis 35:22; 49:28)
   b. labindalawang mga pader, Exodo 24:4
   c. labindalawang mga bato sa kalasag ng Punong Saserdote, Exodo 28:21; 39:14
   d. labindalawang mga tinapay, para sa hapag ng Banal na Lugar (simbilo ng probisyon ng Diyos para sa labindalawang mga angkan), Levitico 24:5;Exodo 25:30
   e. labindalawang mga espiya, Deutronomio 1:23;
   f. labindalawang mga tagabuhat ng mga bato, Josue 4:2,3,4,8,9,20
   g. labindalawang mga apostol, Mateo 10:1
   h. paggamit sa Pahayag
      (1) labindalawang libong tinatakan, Pahayag 7:5-8
      (2) labindalawang mga bituin, Pahayag 12:1
      (3) labindalawang mga tarangkahan, labindalawang mga anghel, labindalawang mga tribu, Pahayag 21:12
      (4) labindalawang foundation stones, pangalans ng the labindalawang mga apostol, Pahayag 21:14
      (5) Bagong Herusalem ay ang labindalawang libong estadya parisukat, Pahayag 21:16
      (6) labindalawang mga tarangkahan na ginawa ng labindalawang mga perlas, Pahayag 21:12
      (7) puno ng buhay kasama ang labindalawang mga uri ng bunga, Pahayag 22:2
7. Apatnapu – bilang para sa panahon
   a. minsan literal (exodo at sa paglalagalag sa ilang, e.g., Exodo 16:35); Deutronomio 2:7; 8:2
   b. maaring literal o simboliko
      (1) baha, Genesis 7:4,17; 8:6
      (2) si Moises sa Mt. Sinai, Exodo 24:18; 34:28; Deutronomio 9:9,11,18,25
      (3) pagkakahati-hati ng buhay ni Moises:
         (a) Apatnapung mga taon sa Ehipto
         (b) Apatnapung mga taon sa desyerto
         (c) Apatnapung mga taon sa pangunguna sa Israel
      (4) Si Hesus ay nag-ayuno ng apatnapung araw, Mateo 4:2; Marcos 1:13; Lucas 4:2
   c. Pansinin (sa pamamagitan ng isang Konkordans) ang bilang ng beses ang numerong ito ay lumitaw sa panahong designasyon sa Bibliya!
8. Pitongpu – kumpletong bilang para sa tao
   a. Israel, Exodo 1:5
   b. pitongpung mga matatanda, Exodo 24:1,9
   c. eskatolohiko, Daniel 9:2,24
   d. pangmisyong pangkat, Lucas 10:1,17
   e. pagpapatawad (70x7), Mateo 18:22

B. Mabuting mga sanggunian
   1. John J. Davis, *Biblical Numerology*
   2. D. Brent Sandy, *Plowshares and Pruning Hooks*

▣ **"na tinukso"** Ito ay isang DI-GANAP NA BALINTIYAK NA PAIKOT-IKOT na naiuugnay sa isang DI-GANAP NA TAHAS NA "maging" PANDIWA. Ang terminong "tukso" (*peirazō*) ay may kahulugang "pagsusuri na may isang pananaw patungong pagkawasak." Mula sa UNANG URING MAY PASUBALI na mga pangungusap sa Mateo 4 (cf. 4:3,6), nalaman natin na ang panunukso ay sa paggamit ng Kaniyang pang-Mesias na kapangyarihan upang maisakatuparan ang pangkatubusang kalooban ng Diyos.

## NATATANGING PAKSA: MGA GRIYEGONG SALITA PARA SA "PAGSUSURI" AT KANILANG MGA KAHULUGAN (GREEK TERMS FOR "TESTING" AND THE CONNOTATIONS)

May dalawang mga Griyegong salita na mayroong diwa ng pagsusuri sa kaninuman para sa isang layunin.

1. *Dokimazō, Dokimion, Dokimasia*

   Ang salitang ito ay isang kataga sa metalurhiya para sa pagsusuri sa pagiging dalisay ng isang bagay (i.e., talinghaga para sa isang tao) sa pamamagitan ng apoy (tingnan ang Natatanging Paksa: Apoy). Ang apoy ang naghahayag ng tunay na bakal at sinusunog (i.e., dinadalisay) ang kalawang. Ang pisikal na paraan ay naging isang makapangyarihang kataga para sa Diyos at/o kay Satanasas at/o sa mga tao na nagsusuri ng iba. Ang salitang ito ay tanging ginamit sa isang mabuting diwa ng pagsusuri na may pananaw sa pagsang-ayon (tingnan ang Natatanging Paksa: Sinusubok ng Diyos ang Kaniyang Bayan [OT]).

   Ito ay ginamit sa pagsusuri sa NT

   a. lalaking baka – Lucas 14:19
   b. ang ating sarili – I taga-Corinto 11:28
   c. ang ating pananampalataya – Santiago. 1:3
   d. kahit na ang Diyos – Hebreo 3:9

   Ang mga kinalabasan ang mga pagsusuring ito ay ipinalalagay na mabuti (cf. taga-Roma 2:18; 14:22; 16:10; II taga-Corinto 10:18; 13:3; taga-Filipos 2:27; I Pedro 1:7), samakatuwid, ang salita ay nagdadala ng kaisipan sa sinuman na nasuri at napatunayan na:

   a. karapat-dapat
   b. mabuti
   c. dalisay
   d. mahalaga
   e. marangal

2. *Peirazō, Peirasmus*

   Ang salitang ito ay kadalasang nagpapahayag ng pagsusuri sa layunin ng paghahanap ng kamalian o pagtanggi. Ito ay kadalasang ginagamit na may kaugnayan sa pagtutukso kay Hesus sa ilang.

   a. Ito ay nagpapahiwatig ng tangka sa pagsilo kay Hesus (cf. Mateo 4:1; 16:1; 19:3; 22:18, 35; Marcos 1:13; Lucas 4:2; Hebreo 2:18).
   b. Ang salitang ito (*peirazōn*) ay ginamit sa tawag kay Satanas sa Mateo 4:3; I taga-Thesalonica 3:5 (i.e. "ang manunukso").
   c. Pagkakagamit
      (1) Ito ay ginamit ni Hesus na nagbibigay-babala sa atin na huwag subukin ang Diyos (cf. Mateo 14:7; Lucas 4:12) [o si Kristo cf. I taga-Corinto 10:9].
      (2) Ito rin ay nagsasaad ng pagtatangko sa gawin ang isang bagay na nabigo (cf. Hebreo 11:29).
      (3) Iyon ay ginamit na may kaugnayan sa pagtutukso at mga pagsubok sa mga mananampalataya (cf. I taga-Corinto 7:5; 10:9, 13; taga-Galacia 6:1; I taga-Thesalonica 3:5; Hebreo 2:18; Santiago. 1:2, 13, 14; I Pedro 4:12; II Pedro 2:9).

▣ **"ni Satanas"** Ang Biblya ay paulit-ulit na ipinapahayag ang isang personal, higit sa karaniwang pwersa ng kasamaan.

## NATATANGING PAKSA: SATANAS (SATAN)

Ito ay napakahirap na paksa dahil sa ilang mga kadahilanan:

1. Ang OT ay nagpapahayag na hindi kaaway ng kabutihan, ngunit isang tagapaglingjod ni YHWH na nag-aalok sa sangkatauhan ng alternatibo at nag-aakusa rin sa sangkatauhan na kabuktutan. Mayroon lamang iisang Diyos (monoteismo), isang kapangyarihan, isang pinagmulan sa OT—YHWH.
2. Ang konsepto ng isang personal na kaaway ng Diyos ay nahubog sa interbiblikal (di-makanoniko) mga panitikan sa ilalim ng impluwensya ng dalawahang relihiyon ng Persia (*Zoroastrianismo*). Ito, sa kalaunay, labis na nakaimpluwensya sa rabinikal na Judaismo at sa komunidad ng Essene (i.e., Dead Sea Scrolls).
3. Ang NT hinuhubog ang OT mga tema sa panay na nakabibigla, ngunit mga piling, mga kategorya.

Kung ang isa ay tutunguhin ang pag-aaral ng kasamaan mula sa pananaw ng biblikal na teolohiya (bawat aklat o may-akda o dyanra ay pinag-aralan at ibinalangkas ng magkakahiwalay),magkagayon ay labis na magkakaibang mga pananaw sa kasamaan ang maihahayag.

Kung, gayunpaman, ang isa ay tutunguhin ang pag-aaral ng kasamaan mula sa di-biblikal o dagdag na biblikal na paglapit sa mga relihiyon ng mundo o silanganing mga relihiyon, samakatuwid higit sa mga pagbabago sa NT ay binabala sa dualismo ng Persia at Greko-Romanong Espiritismo.

Kung ang isa ay magpapalagay ng katapatan sa banal na awtoridad ng Kasulatan, samkatuwid ang pagbabago sa NT ay dapat tignan bilang isang progresibong kapahayagan. Ang mga Kristyano ay dapat na magbantay laban sa pagpapayag

sa alamat ng mga Hudyo o kanluraning panitikan (Dante, Milton) na higit na makaimpluwensya sa konsepto. Mayroong tiyak na misteryo at kalabuan sa lugar na ito ng kapahayagan. Ang Diyos ay pinili na hindi ipahayag ang lahat ng aspeto ng kasamaan, ang pinagmulan nito, ang pagyabong nito, ang layunin nito, ngunit Siya ay nagpahayag sa pagkatalo nito!

Sa OT ang terminong "satanas" o "taga-usig" (BDB 966) ay maaring maiuugnay sa tatlong grupo

1. Taong taga-usig (cf. I Samuel 29:4; II Samuel 19:22; I Hari 11:14,20,29; Awit 109:6)
2. Mala-anghel na taga-usig (cf. Bilang 22:22-23; Job 1-2; Zacarias 3:1)
3. Mala-demonyong taga-usig (cf. I Cronica 21:1; I Hari 22:21; Zacarias 13:2)

Tanging sa kalaunan, sa panahon ng intertestamental ang serpyente ng Genesis 3 kinilala bilang si Satanas (cf. *Book of Wisdom* 2:23-24; *II Enoch* 31:3), at maging sa kalaunay ito ay naging isang rabinikal na opsyon (cf. *Sot* 9b at *Sanh.* 29a). Ang "anak na lalake ng Diyos" ng Genesis 6 ay naging mga anghel sa *I Enoch* 54:6. Binanggit ko ito, hindi upang pagdiinan at teolohikong katumpakan nito, ngunit upang ipakita ang pagyabong nito. Sa NT ang mga OT aktibidad na ito ay ipinaparatang sa mala-anghel, binigyan katauhang kasamaan (cf. I taga-Corinto 11:3; Pahayag 12:9).

Ang pinagmulan ng binigyan katauhang kasamaan ay napakahirap o imposibleng (depende sa iyong puntong pananaw) na malaman mula sa OT. Isang dahilan nito ay malakas na monoteismo ng Israel (cf. I Hari 22:20-22; Ecclessiastes 7:14; Isaias 45:7; Amos 3:6). Lahat ng pinagmulan ay galing kay YHWH upang itanghal ang Kanyang natatangi at pangunguna (cf. Isaias 43:11; 44:6,8,24; 45:5-6,14,18,21,22).

Mga posibleng pinagkuhaan ng mga impormasyon ay mga (1) Job 1-2, kung saan si Satanas isa sa mga "anak na lalake ng Diyos" (i.e., mga anghel) o (2) Isaias 14 at Ezekiel 28, kung saan ang mayabang na silanganing mga hari (Babylonia at Tiro) ay posibleng ginamit upang ipakita ang yabang ni Satanas (cf. I Timoteo 3:6). Naghahalo ang aking damdamin patungkol sa paglapit na ito. Ang Ezekiel ay ginagamit ang mga metapora sa Harden ng Eden, hindi lamang para sa hari ng Tiro bilang Satanas (cf. Ezekiel 28:12-16), ngunit para rin sa hari ng Ehipto bilang ang Puno ng Kaalaman ng Mabuti at Masama (Ezekiel 31). Gayunpaman, ang Isaias 14, paritkular ang mga vv. 12-14, ay waring naglalarawan sa isang malaanghel na pag-aaklas sa pamamagitan ng kayabangan. Kung ang Diyos ay ninais na ipahayag sa atin ang mga espisipikong kalikasan at pinagmulan ni Satanas, ito ay isang napakatagilid na paraan at lugar upang gawin ito. Dapat tayong magbantay laban sa kalakaran ng sistematikong teolohiya sa pagkuha ng maliit, may kalabuang mga parte ng magkakaibang testamento, mga may-akda, mga aklat, at mga dyanra at pagsama-samahin ang mga ito bilang mga bahagi ng isang banal na palaisipan.

Ako ay sumasang-ayon kay Alfred Edersheim (*The Life and Times of Jesus the Messiah*, tomo 2, apendise XIII [pp. 748-763] at XVI [pp.770-776]) na ang rabinikal na Judaismo ay labis na naimpluwensyahan ng dualismo ng Persia at malademonyong espekulasyon. Ang mga rabi ay hindi mabuting pinagmulan ng katotohan sa lugar na ito. Si Hesus ay radikal na humihiwalay mula sa katuruan ng Sinagoga sa lugar na ito. Naisip ko na ang konsepto ng malaarkanghel na kaaway ni YHWH ay nahubog mula sa dalawang mataas na mga Diyos ng Iraniang dualismo, *Ahkiman* at *Ormaza*, at na kung saan ay hinubog ng mga rabi patungo sa biblikal na dualismo ni YHWH at Satanas.

Mayroong tiyak na progresibong kapahayagan sa NT bilang pagbibigay katauhan sa kasamaan, ngunit hindi bilang isang pagpapalawak na gaya ng sa mga rabi. Isang mabuting halimbawa ng pagkakaibang ito ay ang "digmaan sa langit." Ang pagbagsak ng Satanas ay isang lohikal na pangangailangan, ngunit ang mga partikular ay hindi ibinigay. Maging anumang ibinigay ay tinaklubungan sa apokaliptikong dyanra (cf. Pahayag 12:4,7,12-13). Bagamat si Satanas tinalo ni Hesus at ipinatapon sa daigdig, siya ay gumagawa parin bilang tagapaglingkod ng YHWH (cf. Mateo 4:1; Lucas 22:31-32; I taga-Corinto 5:5; I Timoteo 1:20).

Dapat nating pigilan ang ating pagkamausisa sa lugar na ito. Mayroong isang pansariling pwersa ng pagtukso at kasamaan, ngunit mayroon paring tanging nag-iisang Diyos at tayo ay responsible parin sa ating mga desisyon. Mayroong espiritwal na labanan, parehong bago at pagkatapos ng kaligtasan. Ang tagumpay ay maari lamang na dumating at manatili sa loob at sa pamamagitan ng Trinidad na Diyos. Ang kasamaan ay natalo na at mawawala na sa hinaharap. Ang kasamaan ay nadaig at matatanggal (cf. Pahayag 20:10)!

▣ **"ang mga ganid"** Ito ay maaaring isang karaniwang sanggunian sa isang di-tinitirahang lugar. Gayunman, dahil mga mababangis na hayop ay ginamit bilang mga talinghaga para sa o mga pangalan ng demonyo sa OT (cf. NEB), ito tumutukoy din sa isang lugar ng demonyong gawain (cf. Mga Awit 22:12- 13,16,21; Isaias 13:21-22; 34:11-15).

Ang mga mababangis na hayop ay maaaring isang nagpapatuloy na pagkabanggit sa bagong exodo, ang bagong panahon ng napanumbalik ng ugnayan sa pagitan ng mga tao at ng mga hayop (cf. Isaias 11:6-9; 65:25; Osea 2:18). Ang Bibliya ay kadalasang inilalarawan ang bagong panahon bilang isang pagpapanumbalik ng Hardin ng Eden (cf. Genesis 2; Pahayag 21-22). Ang orihinal na larawan ng Diyos sa sangkatauhan (cf. Genesis 1:26-27) ay napanumbalik sa pamamagitan ng pagsakripisyong kamatayan ni Hesus. Ang lubusang pakikipag-ugnayan, na umiiral bago pa ang Pagkakasala (cf. Genesis 3), ay maaaring muli.

▣ **"pinaglingkuran siya ng mga anghel"** Ito ay isang DI-GANAP NA NA PANAHUNAN na nangangahulugang (1) nagpapatuloy na pagkilos sa nakalipas na panahon o (2) ang pagsisimula ng isang pagkilos sa nakalipas na panahon. Ang mga anghel ay nagministeryo kay (1) Elias sa ilang sa katulad na paraan (i.e., pagbibigay ng pagkain, cf. I Mga Hari 18:7-

8). Ito ay nagpapahiwatig na si Hesus bilang bagong pang-propesiyang tinig (cf. Deuteronomio 18:18-22) at (2) Israel sa ilang, gayundin, kay Hesus habang nasa ilang. Ito ay maaaring nagpapahiwatig kay Hesus bilang bagong Moises na kaagapay ng kaniyang bautismo at pagsubok (cf. I taga-Corinto 10:1- 13).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:14-15**

**[14]Pagkatapos ngang madakip si Juan, ay napasa Galilea si Hesus na ipinangangaral ang ebanghelyo ng Diyos, [15]At sinasabi, Naganap na ang panahon, at malapit na ang kaharian ng Diyos: kayo ay mangagsisi, at magsisampalataya sa ebanghelyo.**

**1:14-15** Ang dalawang mga talata ay isang buod na pahayag. Ang Marcos ay kadalasang gumagamit ng ganitong pamamaraan (cf. 1:14-15,21-22,39; 2:13; 3:7b-9; 6:7,12- 13). Ang buod ay nagpapakita ng maraming mga teolohikong katotohanan

1. si Hesus ay kilala at maraming dumating upnag pakinggan ang Kaniyang pangangaral/katuruan
2. si Hesus ay makapangyarihan, nagpapalayas ng mga demonyo at nagpapagaling ng mga tao
3. isinalin Niya ang Kaniyang kapangyarihan sa Kaniyang mga alagad (i.e., ang mga paglalakbay pang-misyon ng Labindalawa at pitumpu)
4. ang layunin ng paghahayag ni Hesus ay pagsisisi at pananampalataya

**1:14 "Pagkatapos ngang madakip si Juan"** Ibinilanggo si Juan (i.e., *paradidōmi*, na ay ginamit dalawampung beses sa Marcos para sa "italaga sa mga makapangyarihan") ni Herodes Antipas dahil siya ay nagpapatuloy sa panunuligsa sa madla ang pagkikisama ni Herodes sa dating asawa ng kaniyang kapatid (cf. Marcos 6:16-17).

**NATATANGING PAKSA: ANG PAMILYA NI HERODES ANG DAKILA (THE FAMILY OF HEROD THE GREAT)**

A. Herodes ang Dakila
   1. Hari ng Judea (37-4 B.C.), isang Idumeano (mula sa Edom), na, sa pamamagitan ng pampulitikang pakana at sa tulong ni Marcos Antonio, ay nakayang mailuklok na pinuno ng isang malaking bahagi ng Palestina (Canaan) ng Senado ng Roma noong 40 B.C.
   2. Siya ay nabanggit sa Mateo 2:1-19 at Lucas 1:5
   3. Ang kanyang mga anak
      a. Herodes Felipe (anak ni Mariamne ng Simon)
         (1) asawa ni Herodias (4 B.C. - A.D. 34)
         (2) nabanggit sa Mateo 14:3; Marcos 6:17
      b. Herodes Felipe I (anak ni Cleopatra)
         (1) Tetrarka ng dakong hilaga at kanluran ng Dagat ng Galilea (4 B.C. - A.D. 34)
         (2) nabanggit sa Lucas 3:1
      c. Herodes Antipas
         (1) Tetrarka ng Galilea at Perea (4 B.C. - A.D. 39)
         (2) nabanggit sa Mateo 14:1-12; Marcos 6:14,29; Lucas 3:1,19; 9:7-9; 13:31; 23:6-12,15; Mga Gawa 4:27; 13:1
      d. Archelaus, Herodes ang Ethnarko
         (1) pinuno ng Judea, Samaria, at Idumea (4 B.C. - A.D. 6)
         (2) nabanggit sa Mateo 2:22
      e. Aristobulo (anak ni Mariamne)
         (1) nabanggit bilang ama ni Herodes Agrippa I na
            (a) Hari ng Judea (A.D. 37-44)
            (b) nabanggit sa Mga Gawa 12:1-24; 23:35
               (i) Ang kanyang anak ay si Herodes Agrippa II
                  – Tetrarka hilagang nasasakupan (A.D. 50-70)
               (ii) ang kanyang anak na babae ay si Bernice
                  – kalaguyo ng kanyang kapatid na lalaki
                  – nabanggit sa Mga Gawa 25:13-26:32
               (iii) ang kanyang anak na babae ay si Drucilla
                  – asawa ni Felix
                  – nabanggit sa Mga Gawa 24:24

B. Mga Biblikal na Sanggunian sa mga Herodes
   1. Si Herodes ang Tetrarka, nabanggit sa Mateo 14:1ff.; Lucas 3:1; 9:7; 13:31, at 23:7, ay ang anak ni Herodes ang Dakila. Sa kamatayan ni Herodes ang Dakila, ang kanyang kaharian ay nahati sa kanyang maraming anak. Ang terminong "Tetrarka" ay nanangahulugang "pinuno ng ikaapat na bahagi." Ang Herodes na ito ay kilala bilang Herodes Antipas, na pinaikling anyo ng Antipater. Pinamamahalaan niya

ang Galilea at Perea. Ito ay nangangahulugan na ang karamihan ng ministeryo ni Hesus ay nasa hangganan nitong pangalawang salinlahing Idumeanong pinuno.

2. Si herodias ay ang anak na babae ng kapatid ni Herodes Antipas, si Aristobulo. Siya ay dating pinakasalkay Felipe, ang kapatid sa ama ni Herodes Antipas. Hindi ito si Felipe ang Tetrarka na may kontrol na bahagi ng hilaga ng Galilea, ngunit ang ibang kapatid na Felipe, na naninirahan sa Roma. Si Herodias ay may isang anak na babae kay Felipe. Sa pagdalaw ni Herodes Antipas sa Roma nakatagpo niya at inakit ni Herodias, na naghahanap ng pampulitikang pagsulong. Samakatuwid, hiniwalayan ni Herodes Antipas ang kanyang asawa, na isang prinsesang Nabateano, at hiniwalayan ni Herodias si Felipe upang siya at si Herodes Antipas ay maaaring ikasal. Siya rin ay ang kapatid ni Herodes Agrippa I (cf. Mga Gawa 12).
3. Nalaman natin ang pangalan ng anak na ni Herodias, si Salome, mula kay Flavius Josephus sa kanyang aklat na *The Antiquities of the Jews* 8:5:4. Siya ay nasa pagitan ng mga edad labingdalawa at labingpito sa pagkakataong ito. Siya ay maliwanag na kontrolado at pinapatakbo ng kanyang ina. Nang lumaon ay pinakasalan ni si Felipe ang Tetrarka, ngunit maagang nabalo.
4. Halos sampung taon pagkatapos ng pagpugot kay Juan de Bautista, si Herodes Antipas ay pumunta sa Roma at sa panunulsol ng kanyang asawang si Herodias na maghangad ng titulong hari dahil ang si Agrippa I, kanyang kapatid, ay tumanggap ng ganitong titulo. Ngunit si Agrippa I ay sumula sa Roma at pinaratangal si Antipas ng pakikipag-ugnayan sa mga Parthian, isang kinamumuhiang kaaway ng Roma mula sa Fertile Crescent(Mesopotamia). Ang Emperador ay tila naniwala kay Agrippa I at si Herodes Antipas, kasama ang kanyang asawang si Herodias, ay pinatapon sa Espanya.
5. Maaaring mas madaling maaalala ang iba't-ibang mga Herodes sa pagpapakilala ng Bagong Tipan sa pag-ala-ala na si Herodes ang Dakila ang pumatay sa mga bata sa Bethlehem; si Herodes Antipas ang pumatay kay Juan de Bautista; Si Herodes Agrippa I ang pumatay kay Apostol Santiago; at Si Herodes Agrippa II ang duminig sa pagsamo ni Pablo na nakatala sa aklat ng Mga Gawa.

C. Para sa kaligirang inpormation sa pamilya ni Herodes ang Dakila, sumangguni sa talatuntunan ni Flavius Josephus, *Antiquities of the Jews*.

▣ **"napasa Galilea si Hesus"** Ang Ebanghelyo ay tinala ang heograpiya ng ministeryo Hesus sa Galilea, sa Judea, sa Galilea, at sa Judea. Nilisan ni Hesus ang katimugang Palestino nang nadakip si Juan (cf. Mateo 4:12; Lucas 4:14-15; Juan 1:43). Ang ministeryo sa karamihang mga Hentil sa hilagang Palestino ay isang katuparan ng propesiya ng Isaias 9. Walang umaasa na anumang may kahalagahang espiritwal ang magsisimula sa rehiyong ito, na malayo mula sa Templo (cf. Juan 1:46) at ang unang natalo at pinatapon ng mga kapangyarihan ng Mesopotamia (i.e., Assyria at neo-Babylon).

▣ **"ipinangangaral ang ebanghelyo ng Diyos"** Ang paggamit na ito ng terminong "ebanghelyo" ay kailangang maiangkop. Sa una, ang mensahe ni Hesus ay katulad ng kay Juan. Ang buong ebanghelyo ni Hesus ay hindi malulubos hanggang sa pagkatapos ng Kaniyang buhay, kamatayan, paglibing, muling pagkabuhay at pag-akyat sa langit. Ang talatang 15 ay ibinibigay ang nilalaman ng sinaunang pangangaral ni Hesus. Kung ano ang ipiningaral ni Juan ay personal na kumakatawan kay Hesus ng Nazareth (cf. Juan 14:6).

**1:15 "'naganap na ang panahon'"** Ang pariralang ito ay sinisimula ng *hoti*, na kadalasan ay nagpapakilala ng isang sipi at karaniwan sa Marcos. Ito ay nagpapakilala ng ala-ala ni Pedro sa mga salita ni Hesus. Ito ay GANAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG, na may pang-propesiyang/pang-Mesias na kahalagahan (cf. taga-Efeso 1:10; taga-Galacia 4:4; I Timoteo 2:6; Tito 1:3). Ang BALINTIYAK NA TINIG ay nagpapakilala sa pagkilos ng Diyos at kapangyarihan sa panahon at kasaysayan.

▣ **"'ang kaharian ng Diyos'"** Ito ay tumutukoy sa paghahari ng Diyos. Iyon ay kapwa isang pangkasalukuyang katotohanan at isang panghinaharap na kalubusan. Sa Ebanghelyo ni Mateo, ito ay kadalasang ay tumutukoy sa "kaharian ng langit." Ang mga parilala ay magkasingkahulugan (ihambing ang Mateo 13:11 sa Marcos 4:11 at Lucas 8:10). Ang kaharian ay dumating na nang si Hesus ay ibinanganak. Iyon ay inilalarawan at kinakatawan ng buhay at mga katuruan ni Hesus. Iyon ay malulubos sa Kaniyang muling pagdating. Iyon ang paksa ng mga pangangaral at mga talinghaga ni Hesus. Iyon ang sentrong paksa ng Kaniyang mga isinawikang mensahe.

## NATATANGING PAKSA: ANG KAHARIAN NG DIYOS (KINGDOM OF GOD)

Sa OT ang YHWH ay itinuturong Hari ng Israel (cf. I Samuel 8:7; Awit 10:16; 24:7-9; 29:10; 44:4; 89:18; 95:3; Isaias 43:15; 44:6) at ang Mesias bilang ulirang hari (cf. Awit 2:6; Isaias 9:6-7; 11:1-5). Sa pagkapanganak ni Hesus sa Bethlehem (6-4 B.C.) ang kaharian ng Diyos ay bumasag sa kasaysayan ng tao na may bagong kapangyarihan at pagtutubos (bagong tipan, cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:27-36).

1. Si Juan Bautista ay ipinahayag ang pagiging malapit ng kaharian (cf. Mateo 3:2; Marcos 1:15).

2. Si Hesus ay malinaw na nagturo na ang kaharian ay makikita sa Kanya ay sa Kanyang mga katuruan (cf. Mateo 4:17,23; 9:35; 10:7; 11:11-12; 12:28;16:19; Marcos 12:34; Lucas 10:9,11; 11:20; 12:31-32;16:16; 17:21). Subalit ang kahiran ay sa hinaharap (cf. Mateo 16:28; 24:14; 26:29; Marcos 9:1; Lucas 21:31; 22:16,18).

Sa Sinoptikong paghahanay sa Marcos at Lucas nakikita natin ang talata na, "ang kaharian ng Diyos." Ang karaniwang paksang ng mga katuruan ni Hesus ay nagsasangkot ng pangkasalukuyang paghahari ng Diyos sa puso ng mga tao, na balang araw ay mararanasan at mangyayari sa buong daigdig. Ito ay makikita sa panalangin ni Hesus sa Mateo 6:10. Si Mateo, na sumulat para sa mga Hudyo, mas pinili ang talata na hindi gumagamit ng pangalan ng Diyos (Kaharian ng Langit), habang si Marcos at Lucas, na sumusulat sa mga Hentil, ay gumamit ng pangkaraniwang pagtatalaga , ginamit na karaniwang designasyon, isang paggamit ng pangalan ng pagka-Diyos.

Ang una at huling mga pangangaral ni Hesus, at karamihan sa Kanyang mga parabula, ay tumatalakay sa paksang ito. Ito ay tumutukoy sa pagahahari ng Diyos sa mga puso ng mga tao ngayon! Ito'y nakakabigla na si Juan ay gumagamit ng talatang ito ng dalawang beses lamang (at hindi kailanman sa parabula ni Hesus). Sa ebanghelyo ni Juan ang "walang hanggang buhay" ay ang susing talinghaga.

Ang pag-igting (tensyon) sa talatang ito ay dahilan sa dalawang pagbabalik ni Kristo. Ang OT ay tumuon lamang sa isang pagbabalik ng Mesias ng Diyos—isang pangmilitar, panghukom, at dakilang pagbabalik—ngunit ang NT ay nagpapakita na Siya ay dumating ng unang beses bilang isang Nagdurusang Tagapaglingkod ng Isaias 53 at mapagpakumbabang hari ng Zacarias 9:9. Ang dalawang pang-Hudyong panahon, ang panahon ng kasamaan at ang bagong panahon ng katuwiran, ay nagpatong. Si Hesus ay kasalukuyang naghahari sa mga puso ng mga mananampalataya, ngunit balang-araw ay maghahari sa buong sanlibutan. Siya ay darating ng gaya ng sa paghuhula ng OT! Ang mga mananampalataya ay namumuhay sa "nangyari na" laban sa "ang hindi pa" sa Kaharian ng Diyos (cf. Gordon D. Fee at Douglas Stuart, *How to Read The Bible Para sa All Its Worth*, pp. 131-134).

▣
**NASB, NKJV "malapit na"**
**NRSV "ay dumating na"**
**TEV "ay malapit"**
**NJB "ay napakalapit"**

Ito ay isang GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG, na nagpapahiwatig na ang kaharian ay isang nakalipas na katotohanan (cf. vv. 1-3) gayundin naman, ay isang kasalukuyang katotohanan (cf. Mateo 12:28; Lucas 11:20; 17:21). Ang pariralang "ang panahon ay natupad na" ay umaagapay sa pariralang ito at nagbibigay-diin sa katotohanan ng pang-propesiyang salita ng Diyos ngayon na nagiging isang pangkasaysayan pangyayari. Ang "Bagong Panahon ng Katuwiran" ay pinasinayaan sa kapanganakan ni Hesus, ngunit hindi lubusan nalaman hanggang sa mga pangyayari ng Linggo ng Pagdurusa at at hindi lubusang nabingyang-kapangyarihan hanggang sa Pentecost.

Bagaman ang Kaharian ay tunay na dumating na, mayroon ding mga teksto sa NT na nagpapahiwatig na ang lubusan nitong kapahayagan ay panghinaharap (cf. 9:1; 14:25; Mateo 26:29; Lucas 22:18; Mga Gawa 1:11; I taga-Thesalonica 4:13-18). Kung ano ang gagawin natin ngayon kasama si Kristo ang magpapasiya ng ating eskatolohikong pag-asa (cf. 8:38).

▣ **"'mangagsisi'"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa Pagsisisi ng Kasalanan sa 1:4.

▣ **"'at magsisampalataya sa ebanghelyo'"** Ang mga kaagapay sa Mateo (4:17) at Lucas (4:14-15) ay walang katulad na buod.

## NATATANGING PAKSA: PANANAMPALATAYA (*PISTIS* [PANGGALAN], *PISTEUŌ* [PANDIWA], *PISTOS* [PANG-URI]) (FAITH (*PISTIS* [NOUN], *PISTEUŌ* [VERB], *PISTOS* [ADJECTIVE]))

A. Ito ay isang napakahalagang termino sa Bibliya (cf. Hebreo 11:1, 6). Ito ay paksa ng naunang pangangaral ni Hesus (cf. Marcos 1:15). Mayroong hindi kukulangin sa dalawang kinakailangan sa bagong kasunduan: pagsisisi at pananampalataya (Marcos 1:15; Mga Gawa 3:16, 19; 20:21).

B. Ang etimolohiya nito
   1. Ang terminong "pananampalataya" sa OT ay nangangahulugang katapatan, pagkamatapat, o mapagkakatiwalaan at isang paglalarawan sa kalikasan ng Diyos, hindi natin.
   2. Ito ay nagmula sa isang Hebreong termino (*emun, emunah*, BDB 53, i.e., Habbakuk 2:4), na sa orihinal ay nangangahulugang "maging tiyak o matatag." Ang nakakapagligtas na pananampalataya ay
      a. isang persona na tatanggapin (i.e. personal na pagtitiwala, pananampalataya, cf. E.1. sa ibaba)
      b. paniniwala sa mga katotohanan tungkol sa persona (i.e., Banal na Kasulatan, cf. E.5. sa ibaba)
      c. pamumuhay ng isang buhay tulad ng persona (i.e., pagiging-wangis ni Kristo)

C. Ang pagkakagamit nito sa OT
   Kailangang mabigyang-diin na ang pananampalataya ni Abraham ay hindi sa isang panghinaharap na Mesias,

ngunit sa pangako ng Diyos na siya ay magkakaroon ng isang anak at mga supling (cf. Genesis 12:2; 15:2-5; 17:4-8; 18:14; taga-Roma 4:1-5). Si Abraham ay tumugon sa pangakong ito sa pamamagitan ng pagtitiwala sa Diyos (tingnan ang Natatanging Paksa: Maniwala, Magtiwala, Pananampalataya at Katapatan sa OT) at Kaniyang salita. Siya ay patuloy na walang pagduruda sa pangakong ito, na natupad pagkatapos nang labing-tatlong taon. Ang kaniyang di-ganap na pananampalataya, gayunman, ay tinanggap ng Diyos. Ang Diyos ay nagnanais na kumilos kasama ang mga may kasiraang sangkatauhan na tumugon sa Kaniya at sa Kaniyang mga pangako sa pananampalataya, kahit na ito ay sinlaki ng binhi ng mustasa (cf. Mateo 17:20 o magkakahalong pananampalataya (Marcos 9:22-24).

D. Ang pagkakagamit nito sa NT

Ang katagang "naniwala" ay nagmula sa Griyegong katagang (*pisteuō*). na maaring maisalin sa "maniwala," manampalataya," o " magtiwala." Halimbawa, ang PANGNGALAN ay hindi nakita sa Ebanghelyo ni Juan, ngunit ang PANDIWA ay madalas na ginamit. Sa Juan 2:23-25 mayroon hindi tiyak sa pagiging tunay ng mga pangako ng mga tao kay Hesus ng Nazaret bilang isang Mesias. Ibang mga halimbawa ng mapa-imbabaw na gamit ng katagang "maniwala" ay sa mga Juan 8:31-59 at Mga Gawa 8:13, 18-24. Ang totoong biblikal na pananampalataya ay higit sa panimulang pagtugon. Ito ay dapat na sundan ng proseso ng pagiging-alagad (cf. Mateo 13:20-22,31-32; 28:19-20).

E. Ang paggamit nito na may MGA PANG-UKOL

1. *eis* na nangunguhulang "sa." Ang natatanging pagkabuo na ito ay nagbibigay-diin sa mga mananampalataya na ilagak ang kanilang pagtitiwala/pananampalataya kay Hesus
   a. sa Kanyang pangalan (Juan 1:12; 2:23; 3:18; I Juan 5:13)
   b. sa Kanya (Juan 2:11; 3:15,18; 4:39; 6:40; 7:5,31,39,48; 8:30; 9:36; 10:42; 11:45, 48; 17:37,42; Mateo 18:6; Gawa 10:43; taga-Filipos 1:29; I Pedro 1:8)
   c. sa Akin (Juan 6:35; 7:38; 11:25,26; 12:44,46; 14:1,12; 16:9; 17:20)
   d. sa Anak (Juan 3:36; 9:35; I Juan 5:10)
   e. kay Hesus (Juan 12:11; Gawa 19:4; taga-Galacia 2:16)
   f. sa Liwanag (Juan 12:36)
   g. sa Diyos (Juan 14:1)
2. *ev* na nangangahugang "nasa" gaya ng sa Juan 3:15; Marcos 1:15; Mga Gawa 5:14
3. *epi* na nangangahulugang "sa" o "sa ibabaw," gaya ng sa Mateo 27:42; Mga Gawa 9:42; 11:17; 16:31; 22:19; taga-Roma 4:5, 24; 9:33; 10:11; I Timoteo 1:16; I Pedro 2:6
4. ang DATIBONG KALAGAYAN na walang PANG-UKOL gaya ng sa taga-Galacia 3:6; Mga Gawa 18:8; 27:25; I Juan 3:23; 5:10
5. *hoti*, na nangangahulugang "paniwalaang ang," nagbibigay ng nilalaman ng kung ano ang paniniwalaan
   a. Si Hesus ay ang Nag-iisang Banal ng Diyos (Juan 6:69)
   b. Si Hesus ay ang Ako nga (Juan 8:24)
   c. Si Hesus ay nasa Ama at ang Ama ay nasa Kanya (Juan 10:38)
   d. Si Hesus ay ang Mesias (Juan 11:27; 20:31)
   e. Si Hesus ay ang Anak ng Diyos (Juan 11:27; 20:31)
   f. Si Hesus ay ipinadala ng Ama (Juan 11:42; 17:8,21)
   g. Si Hesus ay kaisa ng Ama (Juan 14:10-11)
   h. Si Hesus ay nagmula sa Ama (Juan 16:27,30)
   i. Si Hesus ay kinilala ang sarili sa pangkasunduang pangalan ng Ama, "Ako nga" (Juan 8:24; 13:19)
   j. Tayo ay mamumuhay ng kasama Niya (taga-Roma 6:8)
   k. Si Hesus ay namatay at muling nabuhay (I taga-Thesalonica 4:14)

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:16-20

**16 At pagdaraan sa tabi ng dagat ng Galilea, ay nakita niya si Simon at si Andres na kapatid ni Simon na naghahagis ng lambat sa dagat; sapagkat sila ay mga mamamalakaya. 17 At sinabi sa kanila ni Hesus, Magsisunod kayo sa aking hulihan, at gagawin ko kayong mga mamamalakaya ng mga tao. 18 At pagdaka ay iniwan nila ang mga lambat, at nagsisunod sa kaniya. 19 At paglakad sa dako pa roon ng kaunti, ay nakita niya si Santiago na anak ni Zebedeo, at si Juan na kaniyang kapatid, na sila rin naman ay nangasa daong na hinahayuma ang mga lambat. 20 At pagdaka ay kaniyang tinawag sila: at kanilang iniwan sa daong ang kanilang amang si Zebedeo na kasama ng mga aliping upahan, at nagsisunod sa kaniya.**

**1:16 "ang Dagat ng Galilea"** Ang lawang ito ay maraming ay maraming mga pangalan sa Bibliya.

1. ang Dagat ng Chinnereth (cf. Bilang 34:11; Josue 12:3; 13:27)
2. Lawa ng Gennesaret (cf. Lucas 5:1)
3. Dagat ng Tiberias (cf. Juan 6:1; 21:1)
4. Dagat ng Galilea (most karaniwang, cf. 1:16; 7:31; Mateo 4:18; 15:29; Juan 6:1)

▣ **"si Simon at si Andres. . . naghahagis ng lambat"** Pansining si Pedro ang unang opisyal na tinawag sa Marcos, habang sa Juan 1:35-42 iyon ay si Andres. Ang Dagat ng Galilea ay nagtutustos ng isda sa lahat ng mga Palestino. Ang lambat na ito ay tumutukoy sa mga lambat pangkamay, na halos 10 talampakan ang lapad at 15 talampakan ang haba. Ang isda ay isang pangunahing pagkain ng mga Hudyo.

**1:17 "'Magsisunod kayo'"** Ito ay isang PANG-ABAY na gumaganap bilang isang AORIST PAUTOS. Hindi ito ang unang pagtatagpo sa pagitan ni Hesus at ng mga mangingisdang ito (cf. Juan 1:35ff). Ito ang kanilang opisyal na panawagan na maging palagiang tagasunod ng isang rabbi (cf. vv. 17 at 20).

▣ **"'gagawin ko kayong mga mamamalakaya ng mga tao'"** Ito ay isang paglalaro ng salita sa kanilang gawain. Ang pangingisda sa OT ay kadalasang isang talinghaga para sa kahatulan (cf. Jeremias 16:16. Ezekiel 29:4-5; 38:4; Amos 4:2; Habbakuk1:14-17). Dito, iyon ay isang talinghaga ng kaligtasan.

**1:18** Ito ay inulit sa Mateo 4:18-22, ngunit isang bahagyang naiibang tala ang matatagpuan sa Lucas 5:1-11.

**1:19-20 "daong"** Ito ay malalaking bangkang pangingisda. Sina Santiago at Juan, ang mga anak ni Zebedeo, ay maunland na panggitnang uring mangingisda (i.e., ay mayroong mga inuupahang lingkod). Si Juan na tila ay mayroong mga kasunduang pangkalakal upang palaging magtinda ng isda sa mga saserdoteng pamilya sa Herusalem (i.e., si Juan ay nakikilala nila, cf. Juan 18:15-16).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:21-28

**[21]At nagsipasok sila sa Capernaum; at pagdaka ay pumasok siya sa sinagoga nang araw ng sabbath at *nagsimulang* magturo. [22]At nangagtaka sila sa kaniyang aral: sapagkat sila ay tinuturuan niyang tulad sa may kapamahalaan, at hindi gaya ng mga eskriba. [23]At pagdaka ay may isang tao sa kanilang sinagoga na may isang karumaldumal na espiritu; at siya ay sumigaw, [24]Na nagsasabi, Anong pakialam namin sa iyo, Hesus ikaw na Nazareno? naparito ka baga upang kami'y puksain? Nakikilala kita kung sino ka, ang Banal ng Diyos. [25]At sinaway siya ni Hesus, na nagsasabi, Tumahimik ka, at lumabas ka sa kaniya. [26]At ang karumaldumal na espiritu, nang mapangatal niya siya at makapagsisigaw ng malakas na tinig, ay lumabas sa kaniya. [27]At silang lahat ay nangagtaka, ano pa't sila-sila rin ay nangagtatanungan, na sinasabi, Ano kaya ito? isang bagong aral yata! may kapamahalaang naguutos pati sa mga karumaldumal na espiritu, at siya ay tinatalima nila. [28]At lumipana pagdaka ang pagkabantog niya sa lahat ng dako sa buong palibotlibot ng lupain ng Galilea.**

**1:21 "Capernaum"** Si Hesus, dahil sa kawalan ng pananampalataya ng lungsod ng Nazareth (cf. Lucas 4:16-30) at bilang isang katuparan ng propesiya (cf. Mateo 4:13-16), ay ginawa ang lungsod na ito bilang Kaniyang punong-himpilan (cf. 2:1). Ang ministeryo sa lungsod ng Capernaum (cf. 1:21-3:6) ay ginamit upang ipakita ang karaniwang pagkilos ni Hesus. Ang mga pangyayari ay maliwanag na ipinapaayag ang Kaniyang awtoridad, kapangyarihan, at pagiging-Mesias. Ito ay tulad ng isang sulyap sa pang-araw-araw na buhay at pagkilos ni Hesus sa panahon ng buong yugto ng pangmadlang ministeryo.

▣ **"pagdaka"** Tingnan ang tala sa 1:10.

▣ **"Sabbath"** Natatanging Paksa na susunod.

## NATATANGING PAKSA: SABBATH

Ito ay mula sa Hebreong salita (BDB 992, KB 1409) na nangangahulugang "pahinga" o "paghinto." Iyon ay kaugnay sa ika-pitong araw ng paglalang (tingnan si John H. Walton, *The Lost World of Genesis One*) kung saan ang Diyos ay huminto sa Kaniyang pagkilos kasunod ang pagtapos ng paunang paglalang at nagpahinga (cf. Genesis 2:1-3). Ang Diyos ay hindi nagpahinga dahil Siya ay napagod, ngunit dahil (1) ang paglalang ay natapos na at mabuti (cf. Genesis 1:31) at (2) upang bigyan ang sangkatauhan isang palagiang huwaran para sa pagsamba at pagpahinga. Ang paggamit bilang bilang isang araw ng pagsamba ay nagsimula sa Genesis 2:2-3, kung saan si YHWH ay gumagamit ng Kaniyang pahinga bilang isang huwaran para sa mga hayop (cf. Exodo 23:12) at sangkatauhan (kinakailangan ng mga tao ang isang palagiang pagtatakda ng paggawa, pahinga, at pagsamba). Ang Sabbath ay nagsimula tulad ng lahat ng mga araw sa Genesis 1, at takipsilim; samakatuwid, ang takipsilim ng Biyerness hanggang sa takipsilim ng Sabado ay ang opisyal na panahon yugto. Ang lahat ng mga detalye sa pagtupad nito ay ipinagkaloob sa Exodo (lalo na sa mga kabanatang 16,20,31, at 35) at Levitico (lalo na sa mga kabanatang 23-26). Ang unang natatanging paggamit ng araw na ito ng Israel ay sa Exodo 16:25-26 sa pagtitipon ng manna. Iyon ngayon ay naging bahagi ng "Sampung Salita" (cf. Exodo 20:8-11; Deuteronomio 5:12-15). Ito ay isang halimbawa kung saan ang Sampung Utos sa Exodo 20 ay bahagyang naiiba sa Sampung Utos sa Deuteronomio 5. Deuteronomio ay inihanda ang Israel para sa palagian, pang-agrikulturang buhay sa Canaan.

Ang mga Fariseo ay kinula ang mga kautusang ito at, sa pamamagitan ng kanilang mga pasalitang pagtalakay, ay ipaliwanag sila (i.e., ang mg Pasalitang Tradisyon) upang isama sa maraming kautusan. Si Hesus ay kadalasang gumagawa ng mga himala, na nalalaman Niyang lumalabag sa kanilang mga piniling kautusan upang dumako sa isang teolohikong pag-uusap sa kanila (i.e., Mateo 12). Iyon ay hindi Sabbath na tinanggi o minaliit ni Hesus, ngunit ang kanilang sariling katuwirang legalismo at kakulangan ng pag-ibig (cf. Marcos 2:27-28).

Ang sinaunang iglesiya ay sumasamba sa kapwa the Sabbath at sa unang araw ng linggo (i.e., Linggo, muling pagkabuhay na araw, cf. Juan 20:1,19; Mga Gawa 20:7; 1 taga-Corinto 16:2). Ang Sinagoga ay binigyang-pansin ang lumalaking kilusan ng Kristiyano sa pamamagitan ng panghingi sa mga miyembro na itanggi si Hesus bilang ang Mesias (i.e., Ang Labing-walong Basbas). Sa puntong ito (i.e., A.D. 70) ang mga Kristiyano ay nagsimulang magtipon lamang tuwing Linggo.

▣ **"sinagoga"** Ito ay mula sa isang tambalan salita na sa literal ay nangangahulugang "magtipon." Iyon ay kaugalian ni Hesus na dumalo sa pagsamba palagi. Ang sinagoga ay lumago sa Mesopotamia sa panahon ng Pagpapatapon sa Babiloniya. Iyon ay isang lugar ng pagsamba, pagtuturo, at pangkulturang pag-iingat. Iyon ay ang lokal na na pagpapahayag ng Hudyong pananampalataya, gaya ng Templo na pambansang pagpapahayag. Mayroong di kukulangin na isang sinagoga sa bawat bayan na hindi kukulangin na sampung Hudyong lalaki.

▣ **"*nagsimulang* magturo"** Iyon ay kaugalian para sa sinuman mula sa kongregasyon o isang bantog na bisita na mapili na manguna sa pagtuturong bahagi ng pagsambang paglilingkod. Kadalasan, isang talata mula sa Torah (i.e., Genesis – Deuteronomio) ang binabasa at isang talata mula sa mga Propeta (i.e., Josue – Mga Hari at Isaias – Malakias).

**1:22,27 "nangagtaka"** Sa literal, ito ay nangahulugang "mamangha sa pagkakita." Ang uri at nilalaman ng katuruan ni Hesus ay lubhang naiiba mula sa mga rabbi. Sinisipi nila ang isa pa bilang mga awtoridad, ngunit Siya nagsalita na may awtoridad ng Diyos (cf. Mateo 5:17-48). Ang mga katuruan at mga gawa ni Hesus ay nagdulot ng pagkamangha, pagkabigla, at kahit na pagkatakot (cf. 1:22,27; 2:12; 5:42; 6:2,51; 7:37; 9:6,15; 10:26,32; 11:18; 14:33).

**1:22 "hindi gaya ng mga eskriba"** Si Hesus ay hindi sumisipi sa pasalitang (pasalitang) tradisyon (i.e., Talmud). Ang mga Hudyo ay nag-aalala na sila ay maaaring lumalabang sa mga kautusan ng Diyos, kaya bawat talatang ng Torah (ang mga sinulat ni Moises, Genesis - Deuteronomio) ay ipinapaliwanag sa pamamagitan ng mga rabinikal na pagtalakay. Nang lumaon ito ay umusbong sa mga paaralan, isang liberal (i.e., Hillel) at isang konserbatibo (i.e., Shammai). Ang ng mga nangungunang mga rabbi ng dalawang sinaunang paaralan ay kadalasang sinisipi bilang mga awtoridad. Ang mga eskriba ay ang propesyonal na mga guro ng Judaismo na nagpapaliwanag ng pasalitang tradisyon sa mga lokal na mga kalagayan at mga pangangailangan. Karamihan ng mga eskriba sa panahon ni Hesus ay mga Fariseo.

## NATATANGING PAKSA: MGA ESKRIBA (SCRIBES)

Ang titulo ay nagmula sa Hebreong PANGNGALAN (BDB 706, KB 767) na nangangahulugang "isang isinawikang mensahe," "isang isinulat na dokumento/utos." Ang Griyegong salin na "*grammateus*" ay kadalasang tumutukoy sa isang isinulat na mensahe. Ito ay maaaring mangahulugang

1. tagapagturo (Nehemiah 8)
2. namumuno sa pamahalaan ( II Mga Hari 22:3-13)
3. tagapagtala/kalihim (I Cronica 24:6; II Cronica 34:13; Jeremias 36:22)
4. pinunong pangmilitar (cf. Mga Hukom 5:14)
5. pinunong pangrelihiyon (Ezra 7:6; Nehemiah 12:12-13)

Sa NT sila ay kadalasang nauugnay sa mga Fariseo. Sa isang kaunawaan sila ay ang mga taong aral sa OT at mga pasalitang mga Tradisyon (i.e., Talmud). Sila ay tumutulong sa pagbibigay-kuhuluga at paglalapat ng mga panghudyong trandisyon sa pang-araw-araw na buhay (cf. Sirah 39:6). Subalit, ang kanilang katuwiran (i.e., maka-Hudyong legalismo at ritwal) ay hindi maaaring magdala ng kapayapaan sa Diyos (cf. Mateo 5:20; taga-Roma. 3:19-20; 9:1-5,30-32; 10:1-6; taga-Colosas 2:20-22).

Sila ang kadalasang inilalarawan sa mga Sinoptikong ebanghelyo (di kailanman sila nabanggit ni Juan, 8:3 ay hindi orihinal), na kasalungat ni Hesus, bagaman ang iba ay tumugon sa Kanya (cf. Mateo 8:19).

1. pagsasalungatan sa pagkain kasama ng mga makakasalanan at mga taga-singgil ng buwis, Marcos 2:16; Mateo 9:9-13
2. pagsasalungatan sa pinagmula ng kapangyarihin ni Hesus sa pag-papalayas ng mga demonyo, Marcos 3:22
3. pagsasalungatan sa pagpapatawad ni Hesus ng kasalanan, Mateo 9:3; Lucas 5:21
4. pangangailangan para sa isang kagilagilalas na pangitain, Mateo 12:38
5. pagsasalungatan sa paghuhugas ng kamay (imga pangseremonyang paghuhugas), Mateo 15:1-2; Marcos 7:1-5
6. pagsasalungatan sa pagpapatunay ng mga tao at matagumpay na pagpasok sa Herusalem, Mateo 21:15
7. pagsasakdal ni Hesus sa kanilang mga motibo (i.e., paghahanap ng karangalan at kataasan), Marcos 12:38-40

8. pagsasakdal ni Hesus sa kanila bilang nagkukunwari at mga bulag na gabay sa luklukan ni Moises, Mateo 23:1-36

Dahil sa kanilang kaalaman sa Banal na Kasulatan, sila ang dapat na naunang makakilala at tumanggap kay Hesus, ngunit ang kanilang mga tradisyon (cf. Isaias 29:13; 6:9-10) ang bumulag sa kanilang! Kapag ang liwanag ay naging kadiliman, anong laki ng kadiliman!

**1:23 "tao. . .na may isang karumaldumal na espiritu"** Ito ay isang kaso ng pagsanib ng demonyo (cf. v. 34). Pansinin na siya pa rin nasa pagsamba, na pinananatili ang mga kaanyuan. Ang NT ay gumagawa ng isang pagkakaiba sa pagitan ng pisikal na sakit at pagsanib ng demonyo, bagaman sila ay kadalasang mayroong katulad ng mga palatandaan. Sa mga kasong ito, ang demonyo ang nagpapagalaw sa tao. Ang tao ay nawalan na ng kaniyang sariling kalooban. Ang Hudyong pananaw sa mundo ay ipinagpapalagay ang pag-iral ng mga espiritwal na nilalang, mabuti (cf. Marcos 1:13; Mateo 18:10; Mga Gawa 12:15; II Mga Hari 6:17) at masama (cf. 1:23,26,27; 3:11,20; 5:2,8,13; 6:7; 7:25), na nakakaapekto sa buhay ng mga tao.

## NATATANGING PAKSA: ANG DEMONYO (THE DEMONIC)

A. Ang mga sinaunang tao ay mga *animists.* Kanilang inuugnay ang mga sariling katangiang pantao sa mga puwersa ng kalikasan, mga hayop at likas na mga bagay. Ang buhay ay naipaliwanag sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga espirituwal na nilalang ng sangkatauhan.

B. Ang pagbibigay ng katauhang ito ang naging *polytheism* (maraming diyos). Karamiwang ang mga demonyo (*genii*) ay mga mababang uring diyos o *demigods* (mabuti o masama) na nakaka-apekto sa bawat pamumuhay ng mga tao.
   1. Mesopotamia, ganap na kaguluhan at tunggalian
   2. Ehipto, kaayusan at tungkulin
   3. Canaan, tingna si W. F. Albright sa kanyang *Archaeology and the Religion of Israel*, Ika-5 Edisyon, pp. 67-92

C. Ang OT ay hindi nagtatalakay o nagsusulong ng paksa patungkol sa mga mababang uring diyos, mga anghel, o ang demonyo, marahil ay dahil sa pagiging mahigpit na paniniwala sa iisang Diyos o monoteismo (tingnan ang Natatanging Paksa: Monoteismo, cf. Exodo 8:10; 9:14; 15:11; Deuteronomio 4:35,39; 6:4; 33:26; Awit 35:10; 71:19; 86:8; Isaias 46:9; Jeremias 10:6-7; Mikas 7:18). Binabanggit nito ang mga bulaang diyos ng mga paganong bansa (Shedim, cf. Deuteronomio 32:17; Awit 106:37) at pinangalanan nito ang ilan.
   1. *Se'im* (mga buktot o mabalahibong demonyo, BDB 972 III, KB 1341 III, cf. Levitico 17:7; II Cronika 11:15)
   2. *Lilith* (babae, isang mapanlinlang na demonyo, BDB 539, KB 528, cf. Isaias 34:14)
   3. *Mavet* (Hebreong salita para sa kamatayan na ginamit para sa diyos ng Canaan sa kalaliman ng lupa, *Mot*, BDB 560, KB 560, cf. Isaias 28:15,18; Jeremias 9:21; at maaaring Deuteronomio 28:22)
   4. *Resheph* (salot, apoy, o yelong bato, BDB 958, KB 958, cf. Deuteronomio 32:24; Awit 78:48; Habakuk 3:5)
   5. *Dever* (peste, BDB 184, cf. Awit 91:5-6; Habakuk 3:5)
   6. *Az'azel* (di-tiyak na pangalan, ngunit maaaring isang demonyo sa disyerto o pangalan ng lugar, BDB 736, KB 736, cf. Levitico 16:8,10,26)

   (Ang mga halimbawang ito ay kinuha mula sa *Encyclopaedia Judaica*, tomo 5, p. 1523.)

   Datapwat, walang dualismo o pagsasariling maka-anghel mula kay YHWH ang matatagpuan sa OT. Si satanas ay isang alipin ni YHWH (cf. Job 1-2; Zecharias 3), hindi isang nagsasariling kaaway na may pansariling pamamahala (cf. A. B. Davidson, *A Theology of the Old Testament*, pp. 300-306).

D. Ang Judaismo ay lumago sa panahon ng pagpapatapon sa Babilonya (586-538 B.C.). Ito ay nahikayat sa teolohiya ng mga Persyanong kinakatawang dualismo ng Zoroastrianismo, isang mabuting mataas na diyos na si Mazda o Ormazd at ang masamang katunggaling si Ahriman. Pinahintulutan nito sa loob ng Judaismo pagkatapos ng pagpapatapon ang kinakatawang dualismo sa pagitan ni YHWH at Kanyang mga anghel at si Satanas at ang kanyang mga anghel o mga demonyo.

   Ang teolohiya ng Judaismo ng kinatawang kasamaan ay ipinaliwanag at mahusay na itinala ni Alfred Edersheim sa kanyang *The Life and Times of Hesus the Messiah*, tomo 2, dahong-dagdag XIII (pp. 749-863) at XVI (pp. 770-776). Ang Judaismo ay kinakatawan ang kasalanan sa tatlong mga kaparaanan.
   1. Satanas o Sammael
   2. ang masamang hangarin (yetzer hara) sa loob ng sangkatauhan
   3. ang Anghel ng Kamatayan

   Pinapakilala nito ni Edersheim bilang
   1. ang Tagapagsumbong;

2. ang Tagapagtukso;
3. ang Tagapagparusa (tomo 2, p. 756).

Ito ay isang tinandaang pagkakaiba sa teolohiya sa pagitan ng Judaismo pagkatapos ng pagpapatapon at ng pagpapakilala ng at pagpapaliwanag ng kasalanan sa NT.

E. Ang NT, lalo na sa mga Ebanghelyo, ay binibigyang-diin ang pag-iral at pagsalungat ng mga masasamang Espirituwal na nilalang sa sangkatauhan at kay YHWH (sa Judaismo, si Satanas ay isang kaaway ng sangkatauhan, ngunit hindi sa Diyos). Sinasalungat nila ang kalooban, pamumuno, at kaharian ng Diyos.

Hinarap at pinalayas ni Hesus ang mga demonyong nilalang, tinatawag ding (1) mga karumal-dumal na espiritu (cf. Lucas 4:36; 6:18) o (2) mga masasamang Espiritu (cf. Lucas 7:21; 8:2), na galing sa mga tao. Si Hesus ay maliwanag ang ginawang kaibahan sa pagitan pagkakasakit (pisikal at mental) at ang demonyo. Ipinahayag Niya ang Kanyang kapangyarihan at espirituwal na kaunawaan sa pamamagitan ng pagkakilala at pagpapaalis sa mga masasamang espiritu. Kadalasang nilang nakikilala Siya at nagtatangkang kausapin Siya, ngunit itinakwil ni Hesus ang kanilang patotoo, inutusang manahimik, at pinalayas. Ang mga pagpapalayas ng demonyo ay isang tanda ng pagkatalo ng kaharian ni Satanas.

May nakakakagulat na kakulangan ng kaalaman sa mga sulat ng mga Apostol sa NT sa paksang ito. Ang pagpapalayas ng demonyo ay hindi kailanman nakatala bilang isa sa espirituwal na kaloob, o isa sa kaparaanan o tuntuning ipagkakaloob sa mga susunod na mga salinlahi ng mga mangangaral o mga mananampalataya.

F. Ang kasamaan ay totoo; ang kasamaan ay personal; ang kasamaan ay umiiral. Maging ang kanyang simula o ang kanyang layunin ay hindi naihayag. Ang Bibliya ay nagpapahayag ng kanyang katunayan at tahasang tinututulan ang kanyang impluwensya. Walang tunay na dualismo sa katotohanan. Ang Diyos ay nakapangyayari nang lubusan; ang kasamaan ay talunan at nahatulan na at tatanggalin sa mga linikha.

G. Kailangang labanan ng mga tao ng Diyos ang kasamaan (cf. Santiago 4:7). Hindi dapat sila supilin nito (cf. I Juan 5:18), ngunit maaari silang matukso at ang kanilang patotoo at impluwensiya ay mapinsala (cf. taga-Efeso 6:10-18). Ang kasamaan ay isang hayag na bahagi ng pangmundong pananaw ng mga Kristiyano. Ang makabagong Kristiyano ay walang karapatang baguhin ang kahulugan ng kasamaan (ang *demythologizing* ni Rudolf Baltmann); gawing hindi personal ang kasamaan (ang panlipunang kayarian ni Pablo Tillich), o tangkaing ipaliwanag nang lubusan sa pamamagitan ng mga salitang sikolohikal (Sigmund Freud). Ang kanyang impluwensya ay mapanghikayat, ngunit talunan. Ang mga mananampalataya ay kailangang lumakad sa tagumpay ni Kristo!

**1:24**
**NASB** **"anong pakialam namin sa iyo"**
**NKJV** **"ano naman sa amin"**
**NRSV** **"anong gusto mong gawin sa amin"**
**TEV, NJB** **"ano ang gusto mo sa amin"**

Ito sa literal ay "ano sa atin at sa iyo." Sa *A Translator's Handbook on the Gospel of Mark*, sina Bratcher at Nida tinala na "Sa klasikong Griyegong, ang parirala ay mangangahulugang 'ano ang karaniwan sa atin?' Dito, gayunman, iyon ay tumutukoy sa Hebreong 'Bakit ka nakikialam sa akin'" (p. 49). Ang wikaing ito ay inilalarawan sa Mga Hukom 11:12; II Samuel 16:10; 19:22; I Mga Hari 17:18; II Cronica 35:12.

▣ **"Hesus na Nazareno"** Tingnan ang tala sa 10:47.

▣ **"'naparito ka baga upang kami'y puksain'"** Sa gramatika, ito ay maaaring alinman sa isang tanong o isang pahayag. Ito ay isang OT wikain ng pagkakalaban (cf. Mga Hukom 11:12; II Samuel 16:10; 19:22; I Mga Hari 17:18; II Mga Hari 3:13; II Cronica 35:21). Nalalaman ng masama na iyon sa isang araw ay hahatulan!

▣ **"'ang Banal ng Diyos'"** Ito ay isang OT pang-Mesias na titulo. Ito ay hindi isang kinusang pagpapahayag ng pananampalataya ngunit isang sinasadyang tangka upang magdulot ng kaguluhan para kay Hesus. Si Hesus kinalaunan ay pinaratangan sa pagtanggap ng kapangyarihan mula sa Satanas (cf. Mateo 9:34; 12:24; Marcos 3:22; Lucas 11:15).

## NATATANGING PAKSA: ANG ISANG BANAL (THE HOLY ONE)

I. "Ang Isang Banal ng Israel" ay isang paboritong titulo para sa pagka-Diyos sa Isaias (cf. Isaias 1:4; 5:19; 10:17, 20; 12:6; 17:7; 29:19, 23; 30:11, 12, 15; 31:1; 37:23; 40:25; 41:14, 16, 20; 43:3, 14, 15; 45:11; 47:4; 48:17; 49:7; 54:5; 55:5; 60:9, 14). Dahil Siya ay "banal," ang Kaniyang bayan ay dapat na maging banal (cf. Levitico 19:2; Mateo 5:48; 1 Pedro 1:16).

Ang titulong ito, sa isang kaunawaan, ay nagpapahayag ng di-maaaring pag-iigting o tensyon ng isang

makasalanan, nalugmok na sangkatauhan na tumatalima sa isang banal na pamantayan. Ang Mosaikong Kasunduan ay imposibleng maisakatuparan (cf. Joshue 24:19; Mga Gawa 15; taga-Galatia 3; aklat ng Hebreo). Ang lumang kasunduan ay isang paraan upang ipakita ang pagiging-imposible sa sangkatauhan na tumalima sa pamantayan ng Diyos (taga-Galatia 3), ngunit Siya ay kasama nila, para sa kanila, inihanda sila sa Kaniyang tugon sa kanilang nalugmok na kalagayan (i.e. "ang Bagong Kasunduan kay Hesus"). Hindi Niya pinababa ang Kanyang pamantayan, ngunit nagkaloob nito sa pamamagitan ng Kaniyang Mesias. Ang bagong kasunduan (cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:22-38) ay isang kasunduan ng pananampalataya at pagsisisi, hindi ng pantaong kagalingan, na sa pamamagitan nito ay nagdudulot ng pagiging-wangis kay Kristo (cf. Santiao 2:14-26). Ninanais ng Diyos ang bayan na magpapakilala ng Kaniyang katangian sa mga bansa (cf. Mateo 5:48).

II. "Ang Isang Banal" ay maaring tumutukoy sa
1. Diyos Ama (cf. maraming bilang sa OT na mga sipi sa"ang Nag-iisang Banal ng Israel")
2. Diyos Anak (cf. Marcos 1:24; Lucas 4:34; Juan 6:69; Mga Gawa 3:14)
3. Diyos Espiritu (Kanyang titulo, "Banal na Espiritu" cf. Juan 1:33; 14:26; 20:22).

Mga Gawa 10:38 ay isang talata na kung saan lahat ng persona ng pagka-Diyos ay kasangkot sa pagpahid. Si Hesus ay pinahiran (cf. Lucas 4:18; Mga Gawa 4:27; 10:38). Dito ang konsepto ay pinalawak upangisama ang lahat ng mga mananampalataya(cf. I Juan 2:27). Ang Isang Pinaharan ay naging mga pinahiran! Ito ay marahil kahanay sa ang AntiKristo at mga antiKristo (cf. I Juan 2:18). Ang simbolong pagkilos sa OT ng pisikal na pagpahid ng langis (cf. Exodo 29:7; 30:25; 37:29) ay nauugnay doon sa mga tinawag at inihanda ng Diyos para sa natatanging tungkulin (i.e.,mga propeta;, mga saserdote, at mga hari). Ang salitang "Kristo" ay isang salin ng Hebreong salitang "ang isang pinahiran" o Mesias.

**1:25 "sinaway siya ni Hesus"** Ang Marcos ay kadalasang gumagamit ng PANDIWA na ito: (1) minsan sa mga demonyo (cf. 1:25; 3:2; 9:25); (2) sa hangin at dagat (cf. 4:39); at (3) sa Kaniyang sariling mga alagad (cf. 8:30,33; 10:13).

▣ **"'tumahimik ka'"** Ito ay isang AORIST BALINTIYAK NA PAUTOS na nangangahulugang "busalan" (cf. 4:39). Ang dalawang utos ni Hesus na nakatuon sa demonyo ay malakas na mga termino na may salungat na kahulugan.

▣ **"lumabas ka sa kaniya"** Ito ay isang AORIST TAHAS NA PAUTOS.

## NATATANGING PAKSA: PAGPAPAALIS NG DEMONYO (EXORCISM)

Ang pagpapalayas ng demonyo ay karaniwang sa panahon ni Hesus, ngunit ang mga pamamaraan ni Hesus ay malaki ang pagkakaiba. Ang Kanyang pagpapalayas ng demonyo ay isang tanda ng Bagong Panahon. Ang mga rabbi ay gumagamit ng mga mahika (tingnan si Alfred Edersheim, *the Life and Times of Jesus, The Messiah*, tomo 2, Dagdag-Dahon XIII, pp. 748-763; XVI, pp. 770-776), ngunit Hesus ay gumagamit ng Kanyang sariling awtoridad. Mayroong lubhang pagkaligalig at masamang kabatiran ang kumakalat ngayon patungkol sa pagpapaalis ng demonyo at ang demonyo. Bahagi ng suliraning ito ay ang NT ay hindi tinatalakay ang mga isyung ito. Bilang isang pastor, hinahangad ko ang mas maraming pang inpormasyon sa paksang ito. Nandito ang ilang mga aklat na aking pinagkakatiwalaan.

1. *Christian Counseling and the Occult*, Kurt E. Koch
2. *Demons in the World Today*, Merrill F. Unger
3. *Biblical Demonology*, Merrill F. Unger
4. *Principalities and Powers*, John Warwick Montgomery
5. *Christ and the Powers*, Hendrik Berkhof
6. *Three Crucial Questions About Spiritual Warfare* ni Clinton Anton

Nakakagulat ito na nag pagpapalayas ng demonyo ay hindi nakatala bilang isa sa mga espiritwal na kaloob at ang paksa ay hindi tinatalakay sa mga sulat ng Apostol. Ako ay naniniwala sa isang biblikal na pananaw sa mundo na kinapapalooban ng espiritwal na bahagi (i.e., mabuti at masama), na nandito at umiiral sa pisikal na mundo (i.e., Job 1-2; Daniel 10; taga-Efeso 6:10-18). Samakatuwid, ang Diyos ay piniling hindi ihayag ang mga espisipikong ito. Bilang mga mananampalataya tayo ay taglay ang lahat ng inpormasyon na kailangan natin upang mabuhay ng maka-Diyos, mabungang pamumuhay para sa Kanya! Ngunit ang ilang mga paksa ay hindi naihayag o yumabong. Ang mga mananampalataya ay kailangang tandaan na ang pagpapaalis ng demonyo ay isang nakikitang katibayan ng tagumpay ni Hesus laban sa kasamaan (cf. Lucas 10:17-20). Ginagawang malinaw ng NT ang pagkakaiba sa pagitan ng pagpapaalis ng demonyo at pagpapagaling (cf. Mateo 8:16; Marcos 1:32; Lucas 4:40-41).

Tingnan ang Mga Natatanging Paksa:
1. Natatanging Paksa: Satanas
2. Natatanging Paksa: Pansariling Kasamaan
3. Natatanging Paksa: Demonyo sa OT
4. Natatanging Paksa: Demonyo sa NT

**1:26** Maraming pisikal na mga pagpapakita ng isang masamang espiritu lumilisan sa isang tao ay naitala (cf. 1:26; 9:26; at Lucas 9:39). Ito ay maaaring isang paraan ng pagpapatibay na ang espiritu ay tuluyong lumisan.

Ito unang tanda ng kapangyarihang maliwanag na nagpapakita ng pang-Mesias na mga kahihinatnan ni Hesus. Ang OT titulo (cf. Mga Awit 16:10) ng mga demonyo na kinikilala Siya at Kaniyang kapangyarihan na mamahala at humatol sa kanila ay maliwanag na nagpapakilala ang espiritwal na awtoridad ni Hesus ng Nazareth (cf. v. 27c). Ang talang ito ay kaagapay sa Lucas 4:31-37.

**1:27 "'Ano kaya ito? Isang bagong aral yata na may kapamahalaan'"** Ang Griyegong salita para sa "bago" (i.e., *kainos*) ay nangangahulugang "bagong sa punto ng uri," hindi "bagong sa punto ng panahon." Ang parirala "may awtoridad" ay maaaring tumutukoy sa katuruan ni Hesus (cf. Mateo 7:29; NASB, NRSV, NJB) o si Hesus na nag-uutos (cf. Lucas 4:36; NKJV, TEV). Yamang ang Lucas 4:36 ay isang tuwirang kaagapay, ang pangalawang opsyon ang tila pinakamainam.

Ang pinagmulan ng awtoridad ni Hesus ay nagiging sentrong isyu sa pagitan Hesus at ng Hudyong mga pinuno (cf. 11:28; Mateo 21:23; Lucas 20:2). Hindi nila maitatanggi ang Kaniyang kapangyarihan kaya kanilang tinuligsa ang pinagmulan nito. Ito ay ang di-mapapatawad na kasalanan!

**1:28 "pagdaka"** Tingnan ang tala sa 1:10.

▣ **"ang pagkabantog niya sa lahat ng dako"** Ang ganilang pangmadlang pagpapaalis ng demonyo ay maaaring isinalaysay at paulit-ulit na isinasalaysay.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:29-31

**[29]At paglabas nila sa sinagoga, ay nagsipasok pagdaka sa bahay ni Simon at ni Andres, na kasama si Santiago at si Juan. [30]Nakahiga ngang nilalagnat ang biyanang babae ni Simon; at pagdaka ay pinakiusapan nila siya tungkol sa kaniya: [31]At lumapit siya at tinangnan niya sa kamay, at siya ay itinindig; at inibsan siya ng lagnat, at siya ay naglingkod sa kanila.**

**1:30 "biyanang babae ni Simon"** Ito ay nagpapakita na si Pedro ay may asawa. Ang kaniyang asawa ay hindi binanggit sa NT. Siya ay maaaring patay na, ngunit ang I taga-Corinto 9:5 nagpapahiwatig na siya ay kasama ni Pedro sa paglalakbay. Ang talang ito ay kaagapay sa Lucas 4:31-37 at Mateo 8:14-17.

▣ **"nakahiga nga"** Ito ay isang DI-GANAP NA PANAHUNAN na ay nagpapakita ng nagpapatuloy na pagkilos sa nakalipas na panahon. Siya maaaring maysakit sa ilang panahon.

▣ **"na nilalagnat"** Ito sa literal ay nangangahulugang "inaapoy ng lagnat." Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANAHUNAN, na nagpapahiwatig ng isang nagpapatuloy na suliranin. Pansining ang sakit na ito ay hindi nauugnay sa pagsanib ng demonyo (cf. v. 32). Ang kapangyarihan ni Hesus laban sa mga sakit ay isa pang tanda ng Kaniyang persona at pang-Mesias na misyon. Gaya ng madalas sa ang mga Ebanghelyo, ang mga himala ni Hesus ay kasingdami sa mga alagad gaya ng para sa mga tumanggap. Si Hesus ay maliwanag na inihahayag ang Kaniyang sarili sa Kaniyang bagong piling mga Apostol. Dito, Siya ay kumilos nang may pag-ibig sa Sabbath. Ito ay maaaring nakakagulat sa mga Hudyong lalaki.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:32-34

**[32]At nang kinagabihan, paglubog ng araw, ay kanilang dinala sa kaniya ang lahat ng mga may-sakit, at ang mga inaalihan ng mga demonyo. [33]At ang buong bayan ay nangagkatipon sa pintuan. [34]At nagpagaling siya ng maraming may karamdaman ng sarisaring sakit, at nagpalabas ng maraming demonyo; at hindi tinulutang magsipagsalita ang mga demonyo, sapagkat siya ay kanilang kilala.**

**1:32 "nang kinagabihan"** Tila ito ay pagkatapos ng takipsilim, kaya ang Sabbath ay opisyal nang tapos at ang pisikal na mga pagpapagaling ngayon ay ligal sa rabiniko..

▣ **"dinala sa Kaniya"** Ito ay isang DI-GANAP NA PANAHUNAN na nangangahulugang "nagpapatuloy na dinadala." Hindi nais ni Hesus na makilala Siya bilang isang manggagawa ng himala, ngunit isang tagapamahayag ng katotohanan (cf. Lucas 4:43), ngunit lumabas din to (cf. v. 28).

▣ **"mga may-sakit"** Ang talatang 32 ay nagpapahiwatig na "lahat ng" nagkasakit o sinapian ng demonyo sa buong bayan ay dinala kay Hesus. Ang talatang 34 ay nagpapahayag na Kaniyang pinagaling o pinalaya ang "marami" sa kanila, ngunit hindi at bawat-isa. Iyon ay nakakawili na ang mga termino "lahat ng" at "marami" ay kadalasang ginamit nang magkasing kahulugan sa Bibliya (cf. Isaias 53:6 vs. 53:11,12 at taga-Roma 5:18. vs. 19). Iyon ay di-tiyak kung pinagaling ni Hesus ang lahat ng dinala sa Kaniya o marami sa kanila. Sa paliguan ng Bethesda sa Herusalem, iyon ay naitala na si Hesus ay

nagpagaling lamang ng isa sa maraming maysakit na tao. Si Hesus ay hindi humahayo ng Kaniyang daraanan upang magpagaling, ngunit kung ang kalagayan ay nagpapakilala mismo (i.e., isang pagkakataon ng pagtuturo para sa mga alagad na dinadagdagan ng pagkahabag ni Hesus para sa nasasaktan at nangangailangan) Siya ay kumilos nang may kapangyarihan. Siya ay humayo sa Kaniyang daraanan para sa ang layunin ng pag-e-ebanghelyo (i.e., ang Samaritanong babae, cf Juan 4, lalo na sa v. 4). Ang pagpapapagaling ay isang tanda, ngunit pag-e-ebanghelyo ang layunin at pagtuon ng Kaniyang ministeryo. Mayroong ilang pagkagulat tungkol sa pamamaraan ng Hesus sa pagpapapagaling; minsan iyon ay nakabatay sa pagtugon ng pananampalataya ng maysakit na taon, minsan sa pananampalataya ng isa ng kanilang mga kaibigan o mahal sa buhay at kadalasang para sa ang layunin ng pagpapakitang Kaniyang kapangyarihan, na walang kaugnayan sa pananampalataya ng bahagi ng tumanggap. Ang kaligtasan ay hindi awtomatikong kasama ng pisikal na pagpapalaya o pagpapapagaling.

▣ **"ang mga inaalihan ng mga demonyo"** Pansinin ang pagkakaiba sa pagitan sakit at pagsanib ng demonyo.

**1:33** Ang mga tao sa bayan ay mausisa at ang ilan ay wala nang pag-asa para sa pisikal na kalusugan at espiritwal na pagkabuo.

**1:34 "nagpagaling siya ng maraming"** Ang talatang ito ay ang unang sa marami sa Marcos (cf. 1:34,43-44; 3:12; 4:11; 5:43; 7:24,36; 8:26,30; 9:9) na kadalasang tumutukoy sa "Lihim ng Mesias sa Marcos." Sinasabi ni Hesus sa mga alagad at sa kanilang Kaniyang pinapagaling na huwag sabihin ang tungkol sa Kaniyang mga pagpapapagaling. Hindi nais ni Hesus na maging kilala lamang bilang isang manggagamot o mangagawa ng himala. Ang tanging tanda na magtuturo sa Kaniyang pagka-Mesias, sa puntong ito ng Kaniyang buhay ay hindi ba lubusang nahayag. Si Hesus ay pumarito upang (1) ihayag ang Ama; (2) ibigay ang Kaniyang sarili bilang isang sakripisyo para sa kasalanan; at (3) bigyan ang mga mananampalataya ng isang halimbawa na susundan. Ang mga pagpapapagaling at mga pagpapalaya ay mga tanda lamang ng Kaniyang pagkahabag para sa mahihina, maysakit, at itinakuwil. Ito rin ay isang hinulaang tanda sa OT ng ministeryo ng Mesias (cf. Isaias 61:1).

▣ **"hindi tinulutang magsipagsalita ang mga demonyo"** Ito ay DI-GANAP NA NA PANAHUNAN, na nagpapahiwating ng maraming pagpapalayas sa mga demonyo (cf. v. 24). Tingnan ang Natatanging Paksa sa Demonyo sa 1:24.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:35-39

**35At nagbangon siya nang madaling-araw, na malalim pa ang gabi, at lumabas, at napasa isang dakong ilang, at doon ay nanalangin. 36At si Simon at ang kasamahan niya ay nagsisunod sa kaniya; 37At siya ay nasumpungan nila, at sinabi sa kaniya, Hinahanap ka ng lahat. 38At sinabi niya sa kanila, Magsiparoon tayo sa ibang dako ng mga kalapit na bayan, upang ako'y makapangaral din naman doon; sapagkat sa ganitong dahilan ako'y naparito.**
**39At siya ay pumasok sa mga sinagoga nila sa buong Galilea, na nangangaral at nagpapalabas ng mga demonyo.**

**1:35 "nagbangon siya nang madaling-araw, na malalim pa ang gabi"** Ito ay tumutukoy sa huling pagbabantay sa gabi, sa pagitan 3:00 at 6:00 n.u.

▣ **"doon ay nanalangin"** Ito ay DI-GANAP NA NA PANAHUNAN na ay nagpapakita ng palagiang buhay panalangin ni Hesus. Sa Ebanghelyo ni Lucas, pagbibigay-diin na ito ay kadalasang inulit. Sa Marcos mayroon lamang tatlong halimbawa ng pananalangin ni Hesus: dito, ang pagpapakain sa limang libo (cf. 8:6), at sa Gethsemane (cf. 14:32-42).

**1:37-39** Ang mga tao ay hinahanap si Hesus dahil pinapagaling Niya sila, hindi dahil sa Kaniyang katuruan (cf. Lucas 4:43). Si Hesus ay nagpapatuloy sa paglakad dahil (1) nais niyang ang lahat ay makapakinig ng Kaniyang mensahe at (2) ang Kaniyang misyon ay hindi maunawaan.

**1:38**
**NASB** **"sapagkat sa ganitong dahilan ako ay naparito"**
**NKJV** **"dahil sa ganitong dahilan ako ay dumating"**
**NRSV** **"dahil diyan ay kung ano ang dahilan ng pagdating ko"**
**TEV, NJB** **"dahil diyan ay bakit ako dumating"**

Labis na naramdaman ni Hesus na Siya ay isinugo (cf. Lucas 4:43) upang ipangaral ang ebanghelyo ng Diyos (cf. 1:14-15). Kaniyang napagtanto na Siya ay hindi ipinadala bilang isang manggagawa ng himala o manggagamot, ngunit bilang tagatatag ng isang bagong araw, isang bagong kaugnayan kasama ng Ama, ang pagpapasinaya ng kaharian ng Diyos! Ang pagiging-sentro sa Kaniyang persona, ang nilalaman ng Kaniyang mensahe, ang Kaniyang pangkatubusang mga pagkilos, at ang Kaniyang maluwalhating muling pagkabuhay at pag-akyat sa langit ay ang pagtuon ng Kaniyang mensahe. Ang Lihim ng Mesias Marcos ay isang pampanitikang paraan ng pagpapahayag na ang mga bagay na ito ay hindi lubusang mauunawaan o nahayag sa hanggang sa mga taon sa hinaharap.

**1:39** Mayroong isang tekstwal na pagkakaiba sa v. 39. Ang ilang sinaunang Griyegong mga kasulatan ay mayroong

"siya ay pumunta" (cf. א, B, L, ang Palestinong Syriac, at ang Koptikong na mga salin, gayundin ang NASB, NRSV, TEV, NJB), habang ang Griyegong ansialong mga kasulatan A, C, D, W, ang Vulgata, at Peshitta na mga salin gayundin ang Griyegong teksto ginamit ni Augustino ay mayroong "siya ay" (cf. NKJV). *The Textual Commentary on the Greek New Testament* ni Bruce Metzger, pp. 75-76, ay ipinapahayag na isang pagbabago sa pagsipi ang "siya ay pumunta" upang umakma sa Lucas 4:44. Ito ay isang mabuting halimbawa ng katotohanan na ang maraming mga pagbabago sa Griyegong kasulatan ay walang mahalagang teolohikong o pangkasaysayang pagkakaiba sa pagkalahatang kahulugan ng tala.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:40-45**

**[40]At lumapit sa kaniya ang isang ketongin, na namamanhik sa kaniya, at nanikluhod sa kaniya, at sa kaniya'y nagsasabi, Kung ibig mo, ay maaaring malinis mo ako. [41]At sa pagkaawa ay iniunat niya ang kaniyang kamay, at siya ay hinipo, at sinabi sa kaniya, Ibig ko; luminis ka. [42]At pagdaka ay nawalan siya ng ketong, at siya ay nalinis. [43]At siya ay kaniyang pinagbilinang mahigpit, at pinaalis siya pagdaka, [44]At sinabi sa kaniya, Ingatan mong huwag sabihin sa kanino mang tao ang anoman: kundi yumaon ka, at pakita ka sa saserdote, at maghandog ka sa pagkalinis sa iyo ng mga bagay na ipinagutos ni Moises, na bilang isang patotoo sa kanila. [45]Datapuwa't siya ay umalis, at pinasimulang ipamalitang mainam, at ipahayag ang nangyari, ano pa't hindi na makapasok ng hayag si Hesus sa bayan, kundi dumoon sa labas sa mga dakong ilang: at pinagsasadya nila siya mula sa lahat ng panig.**

**1:40 "isang ketongin"** Ito ay kaagapay sa Mateo 8:2-4 at Lucas 5:12-16. Ang Judaismo ay nakita ang ketong bilang isang sakit na binigay ng Diyos (cf. II Cronica 26:16-21). Ang pakikisalamuha sa ketongin ay gagawin ang sinuman na madumi sa seremonya. Ang sakit na ito ay nangangahulugang lubusan panglipunang pagkakalayo! Iyon ay nakakagulat sa kultura na ang mga itinakuwil ng lipunan ang lumalapit kay Hesus at hinipo sila ni Hesus (cf. v. 41). Ang karamdaman sa OT na tinawag na ketong, na ipinaliwanag sa Levitico 13-14, ay naglalarawan ng maraming uri ng sakit sa balat, na ang lahat ay hindi isinasama sa pagsamba.

▣ **"nanikluhod"** Sa Lucas 5:12 iyon ay nagsasabing siya ay nagpatirapa kay Hesus. Hesus ay hindi tulad ng ibang mga rabbi. Siya ay naglalaan ng panahon upang kailanging ang mga itinakuwil at iniwan sa lipunan.

▣ **"'Kung ibig mo, ay maaaring malinis mo ako'"** Ito ay isang PANGATLONG URING MAY PASUBALI NA PANGUNGUSAP na nangangahulugang maaaring pagkilos. Siya ay hindi nagduruda sa kapangyarihan ni Hesus (i.e., ang ketongin ay tinawag si Hesus na "Panginoon" sa Mateo 8:2), ngunit ang Kaniyang nais ay kumilos.

**1:41 "At sa pagkaawa"** Si Hesus na nilikha sa larawan ng Diyos ay nangangalinga sa sangkatauhan. Ang Kanluran Teksto, MS D, ay may "pagkagalit," ngunit ang MSS א, A, B, at C ay may "pagkaawa." Ang mga salita ay katulad sa Aramaiko. Bagaman ang pinakamatanda at pinakamahusay na kasulatan ay may "pagkaawa" ang pinaka di-karaniwang pagbasa ay "pagkagalit" o "pagkapoot." Tingnan ang Dahong-Dagdag Dalawa sa Tekstwal na Krisismo. Mayroong maraming ibang pagkakataon sa Marcos na naitala ang pagkagalit ni Hesus sa di-inaasahang mga konteksto (cf. 1:43; 3:5 at 10:14; isa rin sa Juan 11:33, 38). Ang Kaniyang pagkagalit ay maaaring nakatuon sa sakit o kasamaan ng panahong ito.

Pinapakilala ng Marcos si Hesus bilang lubusa ang pagkatao, pakiramdam at paghahayag ng buong saklaw ng mga pantaong damdamin, para sa Kaniyang sarili, gayundin sa iba.

1. galit o poot (1:41; 3:5)
2. pisikal na gutom (2:25)
3. malalim na buntong-hininga (7:34, 8:12)
4. pagkagalit/kahigpitan (10:14)
5. pag-ibig (10:21)
6. dalamhati/bagabag (10:33-34)
7. pag-iisa (15:34)
8. pagkauhaw (15:36)

▣ **"siya ay hinipo"** Ito ay isang pangseremonyang "hindi! hindi!" Ang paghipo ni Hesus sa mga tao ay isang karaniwang pangyayari sa mga Ebanghelyo (cf. 7:33; 8:22; 10:13; gayundin, maraming beses na hinipo ni Hesus ang mga tao, e.g. 3:10; 5:22-28,30,31; 6:56) bilang isang pagkilos ng personal na pagkalinga at malasakit.

▣ **"'luminis ka'"** Ito ay isang AORIST BALINTIYAK NA PAUTOS. Si Hesus ay nagpapagaling na katulad ng personal na awtoridad Niya ng pinalayas ang mga demonyo.

**1:43 "siya ay pinagbilinang mahigpit"** Sa literal, ito ay "sininghalan," na nangangahulugang isang di-maipaliwanag na daing. Ito ay nagpapakilala sa Lihim ng Mesias sa Marcos. Ang Ebanghelyo ay hindi pa tapos, at ang mensahe ay nagpapatuloy na hindi pa lubos. Hindi nais ni Hesus na makilala bilang manggagawa ng himala.

▣ **"pinaalis siya pagdaka"** Ito ay katulad na malakas na salita ginamit sa Espiritu sa pagpapapunta kay Hesus sa ilang (cf. Marcos 1:12).

**1:44 "'maghandog ka sa pagkalinis sa iyo ng mga bagay na ipinagutos ni Moises'"** Ang pangangailangang ito ay nauugnay sa pagpapagaling ng ketong (cf. Levitico 13, 14; Deuteronomio 24:8). Hindi itinatanggi ni Hesus ang OT (cf. Mateo 5:17-19), ngunit ang mga pasalitang tradisyon ay umusbong sa loob ng Judaismo (cf. Mateo 5:21-48). Maaaring ito rin ay para sa pagsaksi ng mga saserdote.

**1:45 "ipamalita"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PAWATAS. Ito ay hayagang pagsumay sa matapat na pakiusap ni Hesus (cf. vv. 43-44).

▣ **"dumoon sa labas sa mga dakong ilang"** Ito ay tumutukoy sa hindi tinitirahan mga pastulang lupain tulad ng v. 3.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit nagsimula ang Marcos sa ministeryo ni Juan Bautista? Sino ang kanyang kinakatawan?
2. Ang bautismo ba ay nagbabahagi o sumasagisag sa pagpapatawad?
3. Bakit nabautismuhan si Hesus? Siya ba ay makasalanan at nangangailangan ng pagsisisi?
4. Saang bahagi ipinapahiwatig ang katibayan para sa ang Trinidad?
5. Bakit tinukso si Hesus? Anong mga bahagi ng Kaniyang buhay dumating ang panunukso?
6. Ang kaharian ba ng Diyos ay nandito na o iyon ay panghinaharap?
7. Ang Marcos 1 ba ay naglalarawan ng unang pagkikita sa pagitan ni Hesus at ng mangingisda?
8. Bakit lubhang namangha ang mga tao sa sinagoga ng Capernaum sa katuruan ni Hesus?
9. Ang pagsanib ba ng demonyo ay isang katotohanan o isang pangkulturang pamahiin?
10. Bakit inihayag ng mga demonyo kung sino talaga si Hesus?
11. Bakit ay paglilinis sa ketongin lubhang mahalaga?
12. Bakit inutos ni Hesus sa ketongin na walang pagsasabihan sa kung ano ang nangyari sa kaniya?

# MARCOS 2

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang pagpapagaling ng isang Paralitiko | Pinatawad at Pinagaling ni Hesus ang isang Paralitiko | Ang pagpapagaling isang Paralitiko | Pinagaling ni Hesus ang isang Paraliktong Tao | Paggaling ng isang Paralitiko |
| 2:1-12 | 2:1-12 | 2:1-12 | 2:1-5 | 2:1-12 |
| | | | 2:6-7 | |
| | | | 2:8-11 | |
| | | | 2:12 | |
| Ang Pagtawag kay Levi | Si Mateo ang Maniningil ng Buwis | Ang Pagtawag kay Levi | Tinawag ni Hesus si Levi | Ang Pagtawag kay Levi |
| 2:13-17 | 2:13-17 | 2:13-14 | 2:13-14 | 2:13-14 |
| | | | | Eating With Ang mga makasalanan |
| | | 2:15-17 | 2:15-16 | 2:15-17 |
| | | | 2:17 | |
| Ang mga Tanong tungkol sa Pag-aayuno | Tinanong si Hesus tungkol sa Pag-aayuno | Pag-aayuno | Ang Tanong tungkol sa Pag-aayuno | Isang Pagtalakay sa Pag-aayuno |
| 2:18-20 | 2:18-22 | 2:18-20 | 2:18 | 2:18-22 |
| | | | 2:19-20 | |
| 2:21-22 | | 2:21-22 | 2:21-22 | |
| Pagbunot ng Bindi sa Sabbath | Si Hesus ay Panginoon ng Sabbath | Hesus at mga Kautusan ng Sabbath | Ang Tanong tungkol sa Sabbath | Pagpitas ng Mais sa Sabbath |
| 2:23-28 | 2:23-28 | 2:23-28 | 2:23-24 | 2:23-26 |
| | | | 2:25-26 | |
| | | | 2:27-28 | 2:27-28 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng pagpapaliwanag. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata
2. Pangalawang talata
3. Pangatlong talata
4. Atbp.

## MGA KAUNAWAANG KONTEKSTWAL

A. Ang kabanata 2:1-3:6 ay inuugnay ang apat na mga pangyayari sa panahon ng paglalakbay pangangaral na isinawika sa 1:38-39.
   1. isang pagpapagaling (2:1-12)
   2. isang pag-abot sa isang itinakuwil na pangkat (2:13-17)
   3. isang tanong tungkol sa pag-aayuno (2:18-20)
   4. isang pagtatalo sa pasalitang tradisyon (2:23-38)

B. Ang kabanata 2:1-3:6 ay isang pampanitikang yunit na nagpapakita ang lumalagong pagtutol kay Hesus mula sa ang pang-relihiyong *status quo*. Si Hesus mismo sa kumikilos upang tutulan ang Pasalitang Tradisyon (i.e., Talmud) upang pasimulan ang isang teolohikong pagkikipag-usap sa mga pang-relihiyong pinuno. Pansinin ang pag-uulit ng "bakit" (vv. 7,16,18,24).

C. Mga Kaagapay
   1. 2:1-12 — Mateo 9:1-8; Lucas 5:12-26
   2. 2:13-17 — Mateo 9:9-13; Lucas 5:27-32
   3. 2:18-22 — Mateo 9:14-17; Lucas 5:33-39
   4. 2:23-25 — Mateo 12:1-8; Lucas 6:1-5

D. Si Hesus ay pumariot upang ihayag ang Ama. Ang Judaismo ay itinago Siya sa mga rituwal at mga utos. Isiniwalat ni Hesus ang pagkiling at adyenda ng mga pang-relihiyong pinuno sa Kaniyang pakipagtuligsa sa kanila na naitala sa Marcos. Ang mga isyu ay nagtatakda ng mga pagkakaiba sa pagitan rabinikal na Judaismo at ang bagong kasunduan kalayaan at tunay na relihiyon ni Hesus.
   1. ang awtoridad ni Hesus na magpatawad ng kasalanan (2:1-12)
   2. ang pangangailangan ng pag-aayuno (2:18-22)
   3. ang pangangailangan ng keeping ang Sabbath rules (2:23-28)
   4. ang pangangailangan ng ang pang-seremonyang laws (7:1-8)
   5. ang isyu ng diborsyo (10:2-9)
   6. pagbabayad ng mga buwis sa Roma (12:13-17)
   7. ang kalikasan ng muling pagkabuhay (12:18-27)
   8. ang punong kautusan (12:28-34)

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2:1-12

**[1]At nang siya ay pumasok uli sa Capernaum pagkaraan ng ilang araw, ay nahayag na siya ay nasa bahay.
[2]At maraming nagkatipon, ano pa't hindi na magkasiya, kahit sa pintuan man: at sa kanila'y sinaysay niya ang
salita. [3]At sila ay nagsidating, na may dalang isang lalaking lumpo sa kaniya, na usong ng apat. [4]At nang hindi sila
mangakalapit sa kaniya dahil sa karamihan, ay kanilang binakbak ang bubungan ng kaniyang kinaroroonan: at
nang yao'y kanilang masira, ay inihugos nila ang higaang kinahihigan ng lumpo. [5]At pagkakita ni Hesus sa
kanilang pananampalataya ay sinabi sa lumpo, Anak, ipinatatawad ang iyong mga kasalanan. [6]Nguni't mayroon
doong nangakaupong ilan sa mga eskriba, at nangagbubulaybulay sa kanilang mga puso, [7]Bakit nagsasalita ang
taong ito ng ganito? siya ay namumusong: sino ang makapagpapatawad ng mga kasalanan kundi isa, ang Diyos
lamang? [8]At pagkaunawa ni Hesus, sa kaniyang espiritu na sila ay nangagbubulaybulay sa kanilang sarili,
pagdaka ay sinabi sa kanila, Bakit binubulaybulay ninyo ang mga bagay na ito sa inyong mga puso? [9]Alin baga
ang lalong magaang sabihin sa lumpo, Ipinatatawad ang iyong mga kasalanan; o sabihin, Magtindig ka, at buhatin
mo ang iyong higaan, at lumakad ka? [10]Datapuwa't upang maalaman ninyo na ang Anak ng tao ay may
kapamahalaan sa lupa na magpatawad ng mga kasalanan (sinabi niya sa lumpo), [11]Sa iyo ko sinasabi, Magtindig
ka, buhatin mo ang iyong higaan, at umuwi ka sa bahay mo. [12]At nagtindig siya, at pagdaka ay binuhat ang higaan,
at yumaon sa harap nilang lahat; ano pa't nangagtaka silang lahat, at niluwalhati nila ang Diyos, na nangagsabi,
Kailan ma'y hindi tayo nakakita ng ganito.**

**2:1 "Capernaum"** Ang pangalan ay nangangahulugang "nayon ng Nahum." Dahil sa kawalang pananampalataya ng mga tao sa Nazareth, pinili ni Hesus ang bayang ito sa Galilea (cf. Mateo 4:13) na Kaniyang punong-himpilan. Iyon ay matatagpuan sa isang pangunahing karawang ruta mula sa Damasco patungong Ehipto. Para sa karagdagang pagtalakay, tingnan ang *Cities of the Biblical World* ni Moine F. DeVries, pp. 269-275.

**"ay nahayag"** Ang katanyagan ni Hesus ay nagdulot sa maraming tao na lumapit at makita Siya (i.e., ang maysakit, ang mausisa, ang mga tunay na naghahanap, at ang mga pang-relihiyong pinuno). Ang mga salita ni Hesus

ay kadalasang ipinapahayag sa mga magkaibang pangkat na tagapakinig, ngunit sa pangkat na hindi kadalasang naitala.

▣ **"Siya ay nasa bahay"** Kung ito ay kay Pedro o sa bahay ni Maria o isang inupahang bahay ay di-tiyak.

**2:2 "maraming nagkatipon"** Sa silangang mga lipunan, ang isang bukas na pinto ay nangahulugang "magpatulay sa," at kanilang ginawa.

▣ **"ano pa't hindi na magkasiya, kahit sa pintuan man"** Mayroong isang maliit na patyo, ngunit kahit na, ang tahanang ito ay hindi makakapaglaman ng maraming tao.

▣ **"sa kanila ay sinaysay niya ang salita"** Ito ay isang DI-GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG, na maaaring maunawaan bilang (1) ang pagsisimula ng isang pagkilos o (2) ang inuulit na pakilos. Ang "salita" ay tumutukoy sa inuulit na mensahe ni Hesus na naihayag sa 1:14-15. Ang Kaniyang mga tanda at mga gawa ay nabago, ngunit ang sentrong buod ng Kaniyang mensahe ay nananatiling magkatulad.

**2:3 "isang lalaking lumpo"** Ito ay isang tambalan ng "mahiwalay" at "sa gilid." Maaaring ito ay isang biktima ng atake, nalumpo sa isang panig. Ang mga gawa ni Hesus ay mayroong isang kambal na layunin: (1) tuparin ang pang-Mesias na propesiya ng Isaias 61:6 at (2) ipahayag ang Kaniyang pagka-Diyos at awtoridad sa pagpapatawad ng kasalanan. Para sa kanilang mayroong espiritwal na mga mata, ito ay isang malinaw, hindi malabong tanda!

**2:4 "binakbak ang bubungan"** Ito sa literal ay "kanilang ginba ang bubong." Ang mga bubong ay maaaring daanan mula sa lansangan at kadalasang lugar ng mga panlipunang pagtitipon. Sila ay kadalasang pantay at gawa sa putik at mga sanga ng damo. Ang Lucas 5:19 ay may "mga tisa" na maaaring nagpapahiwatig ng isang patyo. Naiisip niyo ba ang sinusubukan ni Hesus na magturo habang ang mga piraso ng bubong ay nalalaglag sa kanilang lahat?

▣ **"higaan"** Ito ay isang maliit baning na yari sa balanggot na ginamit sa pagtulog.

**2:5 "kanilang pananampalataya"** Nakita ni Hesus ang pananampalataya ng mga kaibigan gayundin ang pananampalataya ng paralitiko at kumilos ayon sa kanilang paniniwala.

▣ **"ipinatatawad ang iyong mga kasalanan"** Ito ay maaaring o marahil isang sinasadyang pagkagalit sa mga pang-relihiyong pinuno na nandoon. Pinapalakas din ni Hesus ang pananampalataya ng taong ito. Ang mga Hudyo ay naniniwala na may kaugnayan ang sakit at kasalanan (cf. Job; Juan 9:2; Santiago 5:15-16). Ang taong ito ay mayroong pag-aalala na ang kaniyang kasalanan ay may anumang kinalaman sa kaniyang paralisis.

Ang UBS[4] na teksto ay may isang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG. Ang ilang Griyegong mga teksto ay may isang GANAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG (cf. P[88], א, A, C, D, L, W), tulad ng Lucas 5:20. Gayunman, ang Mateo 9:2 at MS B ay may isang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG. Mahirap piliin sa dalawang pamimilian ang orihinal.

**2:6 "mga eskriba"** Sila ang mga dalubhasa sa pasalita at isinulat na Kautusan. Sila ay alinman sa (1) isang opisyal na kinatawan mula sa Herusalem na ipinadala upang manmanan si Hesus o (2) lokal na tagapagpaliwanag ng Hudyong mga tradisyon para sa mga taong-bayan. Sila ay kailangang dumating nang mas maaga upang makapasok sa bahay o sila ay inaasaan na payagang makakilos sa harapan dahil sa kanilang panlipunang kalagayan. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Eskriba sa 1:22.

▣

**NASB, NKJV "nangagbubulaybulay sa kanilang mga puso"**
**NRSV "nangagtalanong sa kanilang mga puso"**
**TEV, NJB "nangag-isip sa kanilang sarili"**

Ang teolohikong tanong ay nabasa ba ni Hesus ang kanilang isipan, sa gayon ay nagpapakita ng isa pang katibayan ng Kaniyang pagka-Diyos (cf. I Samuel 16:7; Mga Awit 7:9; 139:1-4; Pro. 16:2; 21:2; 24:12; Jeremias 11:20; 17:10; 20:12; Lucas 16:15; Mga Gawa 15:8; Hebreo 4:12), o alam Niya ang kanilang mga tradisyon at nakita ang mga ipinapahiwatig ng kanilang mukha?

Dito mismo (cf. v. 8) ay maaaring isa pang tanda. Ang mga rabbi ipinaliwanag ang Isaias 11:3 bilang ang Mesias na may kakayahang makaalam sa isipan ng mga tao.

## NATATANGING PAKSA: ANG PUSO SA NT (THE HEART (NT))

Ang Griyegong salita na *kardia* ay ginamit sa at NT upang ipakita ang Hebreong salita na *lēb* (BDB 523, KB

513). Ito ay ginamit sa maraming paraan (cf. Bauer, Arndt, Gingrich at Danker, *A Greek-English Lexicon*, pp. 403-404).

1. ang gitna ng buhay pisikal, isang talinghaga para sa tao (cf. Gawa 14:17; II taga-Corinto 3:2-3; Santiago 5:5)
2. ang gitna ng buhay Espirituwal (i.e., moral)
   a. nakikilala ng Diyos ang puso (cf. Lucas 16:15; taga-Roma 8:27; I taga-Corinto 14:25; I taga-Thesalonica 2:4; Pahayag 2:23)
   b. ginamit sa eEspirituuwal na buhay ng sangkatauhan (cf. Mateo 15:18-19; 18:35; taga-Roma 6:17; I Timoteo 1:5; II Timoteo 2:22; I Pedro 1:22)
3. ang gitna ng buhay pangkaisipan (i.e., talino, cf. Mateo 13:15; 24:48; Mga Gawa 7:23; 16:14; 28:27; taga-Roma 1:21; 10:6; 16:18; II taga-Corinto 4:6; taga-Efeso 1:18; 4:18; Santiago 1:26; II Pedro 1:19; Pahayag 18:7; ang puso ay kasing-kahulugan ng isipan sa II taga-Corinto 3:14-15 at taga-Filipos 4:7)
4. ang gitna ng pagpapasya (i.e., kalooban, cf. Mga Gawa 5:4; 11:23; I taga-Corinto 4:5; 7:37; II taga-Corinto 9:7)
5. ang gitna ng damdamin (cf. Mateo 5:28; Mga Gawa 2:26,37; 7:54; 21:13; taga-Roma 1:24; II taga-Corinto 2:4; 7:3; taga-Efeso 6:22; taga-Filipos 1:7)
6. natatanging lugar sa pagkilos ng Espiritu (cf. taga-Roma 5:5; II taga-Corinto 1:22; taga-Galacia 4:6 [i.e., si Kristo sa ating puso, taga-Efeso 3:17])
7. Ang puso ay isang paraang patalinghaga na tumutukoy sa buong pagkatao (cf. Mateo 22:37, sinipi sa Deuteronomio 6:5). Ang mga kaisipan, mga motibo, at mga pagkilos na inuukol sa puso ay lubusang naghahayag sa uri ng tao. Ang OT ay mayroong kapansin-pansing mga paggamit ng mga salita
   a. Genesis 6:6; 8:21, “Ang Diyos ay napighati sa kanyang puso,” pansinin din ang Osea 11:8-9
   b. Deuteronomio 4:29; 6:5, “ng iyong buong puso at ng iyong buong kaluluwa”
   c. Deuteronomio 10:16, “di-tuling puso” at taga-Roma 2:29
   d. Ezekiel 18:31-32, “isang bagong puso”
   e. Ezekiel 36:26, “isang bagong puso” laban sa “isang pusong bato” (cf. Ezekiel 11:19; Zacarias 7:12)

**2:7 “Siya ay namumusong”** Ang kaparusahan para sa pamumusong ay kamatayan sa pagbato (cf. Levitico 24:16). Si Hesus ay may kasalanan sa sakdal na ito maliban sa Siya ay Diyos. Ang pagpapatawad ng kasalanan ni Hesus ay isa ring hindi-lubhang-tusong pag-aangkin ng pagka-Diyos o kahit na isang kinatawan ng kapangyarihan at awtoridad ng Diyos.

▣ **“sino ang makapagpapatawad ng mga kasalanan kundi isa, ang Dios lamang”** Ang mensahe ng pagsisisi at pananampalataya ni Hesus (cf. 1:14-15) ay ipinahayag sa pagpapalagay ng pagkamakasalanan ng lahat ng mga tao (kahit na sa kasunduang bayan ng OT, cf. taga-Roma 3:9-18). Ang kasalanan ay malubha at hindi lamang isang lilipas na ugnayang aspeto, ngunit isang walang hanggang eskatolohiyang aspeto. Ang kasalanan, at kapangyarihan at mga kahihinatnan nito, ay ang dahil kung bakit naparito si Hesus (cf. 10:45; II taga-Corinto 5:21).

Tanging Diyos lamang ang makakapagpatawad ng kasalanan dahil ang kasalanan ay pangunahing laban sa Kaniya (cf. Genesis 20:6; 39:9; II Samuel 12:13; Mga Awit 41:4; 51:4). Yamang ang aklat ng Isaias ay isang inuulit na sanggunian (o pagkabanggit) sa Ebanghelyo ni Marcos, nandito ang ilang mga talatang sa Isaias na tumutukoy sa bagong panahon at pagpapatawad: 1:18; 33:24; 38:17; 43:25; 44:22. Ito ay isa pang pang-Mesias na tanda.

**2:8,12 “pagdaka”** Tingnan ang tala sa 1:10.

▣ **“pagkaunawa ni Hesus”** Tingnan ang tala sa v. 7.

▣ **“sa Kaniyang espiritu”** Ang Griyegong ansialong mga kasulatan ng NT ay walang

1. patlang sa pagitan ng mga salita
2. mga pagbabantas
3. pagsulat ng malaking titik (lahat ay malaking titik)
4. mga paghihiwala ng talata at kabanata

Samakatuwid, tanging ang konteksto ang magtatakda ng pangangailangan ng mga malaking titik. Kadalasan, ang mga malaking titik ay ginamit para sa

1. mga pangalan ng pagka-Diyos
2. mga pangalan ng lugar
3. mga personal na pangalan

Ang terminong “espiritu” ay maaaring tumutukoy sa:

1. ang Banal na Espiritu (cf. 1:5)
2. ang may kamalayang personal na aspeto ng pagkatao (cf. 8:12; 14:38)
3. ilang nilalang sa espiritwal na lugar (i.e., mga masasamang espiritu, cf. 1:23).

Sa kontekstong ito, iyon ay tumutukoy kay Hesus bilang isang persona o tao.

Personal kong itinatanggi ang teolohikong konsepto na mga tao ay may tatlong aspeto (katawan, kaluluwa, at espiritu batay sa I taga-Thesalonica 5:23). Kadalasan, silang nagpapahayag ng konseptong ito na ginagawa ang teolohikong pagpapalagay kung saan ang hermenyutikong pagkiling sa lahat ng mga biblikal na teksto ay pinapaliwanag. Ang mga kaurian na naging mahigpit na kalagayan kung saan inuugnay ang Diyos sa mga tao. Ang mga tao ay isang kaisahan (cf. Genesis 2:7). Para sa isang mabuting buod ng mga teoriya ng sangkatauhan bilang *trichotomous*, *dichotomous*, o isang kaisahan, tingnan si Frank Stagg, *Polarities of Man's Existence in a Biblical Perspective* at Millard J. Erickson, *Christian Theology* (pangalawang edisyon) pp. 538-557.

**2:9,11 "'Magtindig ka, at buhatin mo ang iyong higaan, at lumakad ka'"** Ang mga ito ay dalawang AORIST MGA PAUTOS na sinusundan ng isang PANGKASALUKUYANG PAUTOS. Ito ay isang kagyat at pangmatagalang paggaling. Iyon ay ginawa dahil sa tatlong dahilan.

1. dahil si Hesus ay may pag-intindi sa mga nangangailanga tao at ginantimpalatan siya at ang pananampalataya ng kaniyang mga kaibigan
2. upang ipagpatuloy ang pagtuturo sa mga alagad ng ebanghelyo sa kaugnayan nito sa Kaniyang persona at misyon
3. upang ipagpatuloy na harapin at pakipagtalas-tasan sa mga pang-relihiyong pinuno

Ang mga pang-relihiyong pinuno ay may dalawa lamang na opsyon: manampalataya sa Kaniya o iwasan ang Kaniyang kapangyarihan at awtoridad.

**2:10 "'ang Anak ng Tao'"** Ito ay isang pang-uring parirala mula sa OT. Iyon ay ginamit sa Ezekiel 2:1 at Mga Awit 8:4 sa tunay nitong etimolohikong kahulugan na "taong nilalang." Gayunman, iyon ay ginamit sa Daniel 7:13 sa isang natatanging konteksto na nagpapahiwatig ng kapwa pagkatao at pagka-Diyos ng personang ipinapahayag sa pamamagitang ng bagong eskatolohikong maharlikang titulo (cf. Marcos 8:38; 9:9; 13:26; 14:26). Yamang ang titulong ito na hindi ginamit ng rabinikal na Judaismo at samakatuwid ay walang mga pambansa, pantangi, panghukbong kahihinatnan, pinili iyon ni Hesus bilang ang ganap na titulo ng kapwa pagtalukbong at paghahayag ng Kaniyang dalawang likas, lubusang tao at lubusang Diyos (cf. I Juan 4:1-3). Iyon ay Kaniyang itinatanging sariling pagtatalaga. Iyon ay ginamit ng labing-tatlong beses sa Marcos (kadalasang nauugnay sa iba't-ibang mga pagpapakasakit ni Hesus, cf. 8:31; 9:12,31; 10:33,45; 14:21,41).

▣ **"'may kapamahalaan sa lupa na magpatawad ng mga kasalanan'"** Ginawa ni Hesus ang himalang ito para sa layunin ng pagpapatunay sa mga eskriba. Ang isyung ito ng awtoridad (i.e., *exousia*) ay magiging sentrong isyu. Hindi nila maitatanggi ang Kaniyang kapangyarihan, kaya kanilang ipipilit na ang Kaniyang kapangyarihan at awtoridad ay sa demonyo o kay Satanas ang pinagmulan (cf. Mateo 10:25; 12:24-29; Lucas 11:14-22).

**2:12 "nangagtaka silang lahat"** Ito ay hindi dahil sa pagpapagaling; nakita na nila ang Kaniyang ginawa ng mas maaga, ngunit para sa pagpapatawad ng mga kasalanan! Sila (ang mga eskriba at mga Fariseo) ay mayroong kanilang tanda. Si Hesus maliwanag na nagpapakita ng Kaniyang kapangyarihan at awtoridad. Ako ay nagtataka kung ang mga pinunong ito ay "nagluluwalhati sa Diyos" sa pagkakataon ding ito.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2:13-14

**[13]At muling lumabas at naparoon siya sa tabi ng dagat; at lumapit sa kaniya ang buong karamihan, at sila ay kaniyang tinuruan. [14]At sa kaniyang pagdaraan, ay nakita niya si Levi na anak ni Alfeo na nakaupo sa paningilan ng buwis, at sinabi niya sa kaniya, Sumunod ka sa akin. At nagtindig siya at sumunod sa kaniya.**

**2:13 "lumapit sa kaniya ang buong karamihan, at sila'y kaniyang tinuruan"** Ang mga ito ay dalawang DI-GANAP NA PANAHUNAN MGA PANDIWA. Si Hesus ay palaging mayroong panahon na magturo ng ebanghelyo at intindihan ang mga tao. Ito ang dahilan kung bakit Siya lubhang minahal ng karaniwang. Siya ay lubhang naiiba mula sa magpanghusta, mapag-tangin, na mga pang-relihiyong pinuno.

**2:14 "Levi"** Ang pangalan sa Hebreo ay nangangahulugang "isang kasama." Iyon ay ang pangalan ng saserdoteng angkan ng Israel. Maaaring binago ni Hesus ang pangalan ng taong ito sa "Mateo," na ay nangangahulugang "kaloob ni YHWH" (cf. 3:18; Mateo 9:9) o, tulad kay Pablo, ang kaniyang mga magulang ay binigyan siya ang dalawang pangalan pagkasilang.

▣ **"nakaupo sa paningilan ng buwis"** Ang paglilikom ng buwis ay isang hanapbuhay na kinamumuhian ng Hudyong mamamayan dahil iyon ay binibili mula sa mga awtoridad Roman. Ang mga tagalikom ng buwis ay mayroong kita sa isang uri ng buwis sa lahat ng mga produkto para sa Roma. Si Herodes Antipas ay kukuha din ng kaniyang bahagi sa mga buwis na nilikom. Anumang higit sa itinakdang halaga na nilikom, kaniyang kinukuha bilang sahod. Ang paglilikom ng buwis ay kilala para sa mataas na insidente ng pandaraya. Si Levi ay maaaring lumilikom ng buwis sa mga isdang iniluluwas.

▣ **"'Sumunod ka sa akin'"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS. Ito ay isang opisyal na panawagan

na maging tagasunod (cf. 1:17,20). Iyon ay kailangang maunawaan na ang mga rabbi ay tinawag na mga alagad upang ibigkis ang kanilang sarili sa Kautusan, ngunit si Hesus ay tinawag ang mga taong ito upang pagbukluring sila sa Kaniya. Si Hesus, hindi pantaong patupad sa mga utos ni Moises (i.e., ang Talmud), ay daan ng kaligtasan. Ang pagsisisi ay hindi isang pagbalik sa Kautusan ni Moises, ngunit isang paglapit kay Hesus, ang Mesias ni YHWH. Hindi itinanggi ni Hesus ang kautusan, ngunit inilalalgay ang Kaniyang sarili sa tradisyunal na lugar nito at sa wastong pagpapaliwanag nito (cf. Mateo 5:17-48). Ang kaligtasan ay isang persona, hindi lamang isang kredo o ang pagsasagawa ng isang kodigo. Ang isyung ito ang payak na dahilan kung bakit si Hesus ay sumapit sa may layuning pakikipag sagupa sa mga pang-relihiyong pinuno.

Sa kaniyang aklat na *The Method and Message of Jesus' Teachings*, si Robert H. Stein ay gumawa ng isang mabuting punto tungkol sa pahayag na ito:

"Bagaman ang terminong '*totalitarian*' ay may maraming negatibong kahulugan, ang paggamit ni Archibald M. Hunter ng terminong ito ay isang wasto at mahusay na inilalarawan ang buong pagsamo na hinihingi ni Hesus sa kaniyang mga tagasunod. Sa mga labi ng sinuman, ang mga pag-aangkin ni Hesus ay nagpapakita ng katibayan ng malaking kayabangan, para kay Hesus maliwanag na nagpapahiwatig na ang buong mundo ay umiikot sa kaniya at ang kasasadlakan ng mga tao ay nakabatay sa kanilang pagtanggap o pagtanggi sa kaniya. . .Sang-ayon kay Hesus, ang kasasadlakan ng tao ay nakasentro sa kanya. Ang pagtanggi sa kaniya ay nangangahulugan ng walang hanggang kahatulan; ang pagtanggap sa kaniya ay nangangahulugang pagtanggap ng Diyos. Ang mahalagang punto ng kasaysayan at kaligtasan, na inaangkin ni Hesus, ay Siya mismo. Ang sumunod sa Kaniya ay ang maging marunong at pagkatakas sa kahatulan, ngunit ang itanggi ang kaniyang mga salita ay maging mangmang at kapamahakan, dahil ang kaniyang mga salita ay tanging tiyak na saligan na dapat itayo (Mateo 7:24-27)" (p. 118).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2:15-17

**[15]At nangyari, na siya ay nakaupo sa pagkain sa kaniyang bahay, at maraming maniningil ng buwis at mga makasalanang nagsiupong kasalo ni Hesus at ng kaniyang mga alagad: sapagkat sila ay marami, at sila ay nagsisunod sa kaniya. [16]At nang makita ng mga eskriba at mga Fariseo, na siya ay kumakaing kasalo ng mga makasalanan at ng mga maniningil ng buwis, ay nagsipagsabi sa kaniyang mga alagad, Ano ito na siya ay kumakain at umiinom na kasalo ng mga maniningil ng buwis at ng mga makasalanan? [17]At nang ito'y marinig ni Hesus, ay sinabi niya sa kanila, Hindi nangangailangan ng manggagamot ang mga walang sakit, kundi ang mga maysakit: hindi ako naparito upang tumawag ng mga matuwid, kundi ng mga makasalanan.**

**2:15 "siya ay nakaupo sa pagkain sa kaniyang bahay"** Ito ang tahanan ni Levi (cf. Lucas 5:29). Si Hesus ay kumakain kasama ang mga itinakwil at lipunan at relihiyon bilang isang paraan ng pagsisimula ng isang pang-relihiyong pakikipag-usap sa kanila. Siya ay dinudumog nila dahil sa Kaniyang naiibang pagkilos kaysa sa mga matuwid sa sarili na mga Hudyong pinuno. Ang pagkain ay isang natatanging pangyayari sa *Ancient Near East* na nagpapahayag ng pagkakaibigan at pagtanggap. Sila ay sasandal sa kanilang kaliwang siko sa isang mababang hapag na hugis ng bakal ng kabayo na ang kanilang paa ay nasa likuran nila (ito ay hinamon ni J. Jeremias sa kaniyang aklat na *The Eucharistic Words of Jesus*, pp. 20-21. Ipinahayag niya na ang mga Hudyo ay hindi palagiang sumusunod sa kaugalian sa Mediteranyo sa pagsandal, maliban sa panahon ng mga araw ng kapistahan). Sa ibang taga-*Near East* na hindi naanyayaan sa piging ay dadalo sa isang lugar ng kainan at tatayo sa palibot ng mga pader o sa pinto o mga bintana at makikinig sa mga pag-uusap.

Ang isa ay magtatanong kung gaano kalaking eskatolohikong simbolismo ang dapat mabasa sa kontekstong ito. Ito ba ay kapistahan ng isang pagpapauna ng pang-Mesias na piging na kasama ang mga itinakuwil (cf. Mateo 8:11; Lucas 13:29 maaaring pagpapakita ng Isaias 59:15b-21)? Kung gayon, ngayon, mayroong teolohikong kabatiran na ang panandalian pakikipag-ugnayan kay Hesus ay sumasalamin sa pakikipag-ugnayn sa eskatolohikong kaharian. Ang mga makasalanan ay ipinanumbalik ngayon at sa walang-hanggan! Ang lahat ng makasalanan ay malugod na tinatanggap (at lahat mga makasalanan, kahit na ang kasunduang bayan ng OT, cf. taga-Roma 3:9-18).

▣ **"mga makasalanan"** Ito ay tumutukoy sa kanilang mga tayo na hindi ipinagpapatuloy ang lahat ng mga detalye ng ang mga Pasalitang Tradisyon (i.e., ang Talmud). Sila ay ay kadalasang tinutukoy sa isang mapanirang kaunawaan bilang "mga tao ng lupain." Sila ay hindi lubusang tinatanggap sa sinagoga.

▣ **"at Kaniyang mga alagad"** Ang mga piniling lalaking ito ay nalalaman ang lahat mga salita at mga gawa ni Hesus. Sa katotohanan pangunahing para sa kanila ang mga ito. Kanilang itinatala at ipinapaliwanag si Hesus sa mundo.

▣ **"sapagkat sila ay marami, at sila ay nagsisunod sa kaniya"** Ang gramatika ay hindi tiyak, ngunit ito ay tila tumutukoy sa "mga makasalanan" at hindi sa Kaniyang mga alagad.

**2:16 "ang mga eskriba ng ang mga Fariseo"** Ang mga eskriba ay hindi lamang isang pang-relihiyong/pampulitikong partido, bagaman ang karaminan sa kanila sa pamahon ni Hesus ay mga Fariseo. Ang mga Fariseo ay isang partikular na teolohikong sekta ng Judaismo na lumago sa panahon ng yugto ng Macabeo. Sila ay lubhang matapat at marangal na mga

nagre-relihiyon na masugid na sinusundan ang mga Pasalitang Tradisyon (i.e., ang Talmud).

## NATATANGING PAKSA: MGA FARISEO (PHARISEES)

I. Isa sa mga sumusunod ang maaaring pinagmulan ng salitang ito:
   A. "maihiwalay." Ang pangkat na ito ay nabuo noong panahon ng Macabeo. (Ito ang pinakamalawak na tinanggap na pananaw).
   B. "maghati." Ito ay isa pang kahulugan sa katulad na salitang-ugat sa Hebreo (BDB 827, BDB 831 I, KB 976); kapwa ay nangangahulugang "paghahati." May ilang iskolar ang nagsasabi na ang kahulugan nito ay taga-pagsalin (cf. Nehemias 8:8; II Timoteo 2:15).
   C. "Persyano." Ito ay isa pang kahulugan sa katulad na salitang-ugat sa Aramaiko (BDB 828, KB 970). Ang ilang sa mga katuruan ng mga Fariseo ay maraming pagkakatulad sa dualismo ng Persyanong Zoroastrianismo (tingnan ang Natatanging Paksa: Pansariling Kasamaan)

II. Mayroong maraming teoriya sa kung sino ang bumubuo ng mga Fariseo
   A. isang teolohikong sekta ng sinaunang Judaismo (i.e. Josephus)
   B. isang pulitikal na pangkat mula sa Hasmoneano at Herodianong mga yugto.
   C. isang pangkat ng mga iskolar na tagapagpaliwanag ng Kautusan na tumutulong sa karaniwang tao na maunawaan ang Mosaikong Kasunduan at ang mga pasalitang tradisyon na nakapalibot dito
   D. isang karaniwang kilusan ng mga eskriba, tula ni Ezra at ng Dakilang Sinagoga, na kalaban ng mga pangsaserdoteng pamunuan ng templo
   Sila ay nabuo mula sa tunggalian ng
      1. mga di-Hudyong panginoon (lalo na si Antiochus IV)
      2. kamaharhalikahan laban sa karaniwang tao
      3. silang tapat sa pangkasunduang pamumuhay laban sa karaniwang Hudyo ng Palestino

III. Ang ating impormasyon tungkol sa kanila ay mula sa
   A. Josepho, na isang Fariseo
      1. *Antiquities of the Jews*
      2. *Wars of the Jews*
   B. ang Bagong Tipan
   C. mga nahuling pang-Hudyong sanggunian

IV. Ang kanilang mga pangunahing katuruan.
   A. Ang paniniwala sa darating na Mesias, na nahikayat ng mga pang-Hudyong apokaliptikong na panitikang nasa pagitan nag Luma at Bagong Tipan katulad ng I Enoch.
   B. Ang paniniwala na ang Diyos ay aktibo sa pang-araw-araw na buhay. Ito ay tuwirang kabaliktaran ng sa mga Saduceo (cf. Mga Gawa 23:8). Maraming mga katuruan ng Fariseo ay mga kabaliktarang teolohikal ng mga Saduceo.
   C. Isang paniniwala sa pisikal na pagtuon sa kabilang buhay batay sa buhay sa lupa, na kinapapalooban ng gatimpala at parusa (cf. Daniel 12:2).
   D. Paniniwala sa kapangyarihan ng OT at mga Tradisyong Sinasalita (*Talmud*). Nalalaman nila ang pagiging masunurin sa mga kautusan ng Diyos sa OT na kanilang binibigyang kahulugan at ginagamit ng mga pantas na rabinikal (Shammai, ang konserbatibo at Hillel, ang liberal). Ang pagpapaliwanag na rabinikal na ay sang-ayon sa pag-uusap ng mga guro ng dalawang magkaibang mga pilosopiya, isang konserbatibo at isang liberal. Ang mga pagtalakay na sinasalita sa kahulugan ng Banal na Kasulatan ay sa wakas naisulat sa dalawang mga paraan: ang Talmud ng Babilonya at ang hindi tapos na Talmud ng Palestina. Naniniwala sila na si Moises ay tumanggap ng mga pasalitang pagbibigay kahulugan sa Bundok ng Sinai. Ang pangkasaysayang pasimula ng mga pagtalakay ay nag-umpisa kay Ezra at ang mga lalaki ng "Dakilang Sinagoga" (pagkatapos na tinawag na Sanhedrin).
   E. Paniniwala sa lubhang maunlad na *Angelology*. Kabilang dito ang kapwa mabuti at masamang espirituwal na mga nilalang. Ito nagsimula sa dualismong Persyano at panitikan sa pagitan ng Luma at Bagong Tipan.
   F. Paniniwala sa kapangyarian ng Diyos, ngunit ang pagganap din ng malayang pagpili ng tao (*yetzers*).

V. Ang mga kalakasan ng Fariseong kilusan
   A. Kanilang iniibig, ginagalang, pinagkakatiwalaan ang kapahayagan ng Diyos (i.e. lahat ng ito, kasama ang Kautusan, mga Propeta, mga Kasulatan, at mga pasalitang Tradisyon)
   B. Sila ay nangakong maging mga matuwid na tagasunod (i.e. pang-araw-araw na pananampalataya at pamumuhay) ng kapahayagan ng Diyos. Ninanais nila ang isang "matuwid na Israel" ang tumupad ng mga propetikong ng pangako ng isang bago, maunlad na araw.
   C. Kanilang isinusulong ang pagkakapantay-pantay sa Judaistikong lipunan, na isinasama ang lahat ng mga antas ng tao. Sa isang kaunawaan, kanilang tinatanggihan ng pangsaserdoteng (i.e. Sadducceano) na pamumuno at teolohiya (cf. Mga Gawa 23:8)
   D. Kanilang ipinagtanggol ang isang wastong bahagi ng Mosaikong Kasunduan. Kanilang lubusang ipinapahayag ang kapangyarihan ng Diyos, ngunit pinaninindigan din ang pangangailangan na ganapin ang

malayang pagpili ng tao (i.e. ang dalawang *yetzers*).

E. Ang NT ay nagbabanggit ng maraming iginagalang ng Fariseo (i.e. Nicodemo, Mayamang Batang Pinuno, at Jose ng Arimathea).

VI. Sila lamang ang sekta ng unang siglong Judaismo na nakalagpas sa pagkawasak ng Herusalem at ng templo sa mga Romano noong A.D. 70. They ay naging makabagong Judaismo.

**2:16 "siya ay kumakaing kasalo ng mga makasalanan"** Ito ay maaaring isang palagiang pangyayari, hindi isang pasubali (cf. Lucas 5:29; 7:34; 15:1-2). Iyon ay lubhang nakakagulat sa mga makasarili, pang-relihiyong pinili!

**2:17 "'kundi ang mga maysakit'"** Sila ay mayroong kaunawaan ng pangangailangan na kailangan para sa pananampalataya (cf. Mateo 5:3-4) at si Hesus ay kanilang manggagamot at kaibigan (cf. Lucas 7:34; 19:10).

▣ **"'hindi ako naparito upang tumawag ng mga matuwid, kundi ng mga makasalanan'"** Ito ay isang kabalintunaan, maaaring mapanuyang kapahayagan tulad ng 7:19. Ang kapahayagang ito ay hindi nangahulugang nagpapahiwatig na ang mga pang-relihiyong pinuno ay matuwid (cf. Mateo 5:20) at samakatuwid hidi kailangang magsisi, ngunit ang mensahe ni Hesus (cf. 1:14-15) ay mas nagsasamo sa kanilang nauunawaan ang kanilang sariling espiritwal na pangangailangan. Si Hesus ay gumagamit ng pangkawikaang mga kapahayagan na kadalasan sa Kaniyang katuruan (cf. 2:17,21,22,27; 3:27; 4:21,22,25; 7:15; 8:35,36,37; 9:40,50; 10:25,27,31,43-44). Wala nang mas bulag pa sa kanilang nag-iisip na sila ay nakakakita!

Ang Textus Receptus ay dinadagdag ang "pagsisisi" sa hulihan ng talatang ito na sumusunod sa kaagapay sa Lucas (cf. 5:32) at mga tekstong Byzantine, ngunit ang pagkakaibang ito ay hindi man lang kasama sa UBS[4] *critical apparatus* bilang isang bakasakali.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2:18-20

**18At nangagaayuno ang mga alagad ni Juan at ang mga Fariseo: at sila ay nagsilapit at sinabi sa kaniya, Bakit nangagaayuno ang mga alagad ni Juan at ang mga alagad ng mga Fariseo, datapuwat hindi nangagaayuno ang iyong mga alagad? 19At sinabi sa kanila ni Hesus, Mangyayari bagang mangagayuno ang mga abay sa kasalan, samantalang ang kasintahang-lalake ay sumasa kanila? samantalang ang kasintahang-lalake ay sumasa kanila, ay hindi sila mangakapagaayuno. 20Datapuwa't darating ang mga araw, na aalisin sa kanila ang kasintahang-lalake, at kung magkagayo'y mangagaayuno sila sa araw na yaon.**

**2:18-20 "nangag-aayuno"** Ang mga Fariseo at mga alagad ni Juan ay nakakondisyon sa kultura na mag-ayuno nang dalawang beses isang linggo, tuwing Lunes, at Huwebes (cf. Lucas 18:12). Ang Kautusan ni Moises lamang ay mayroong isa araw ng pag-aayuno sa isang taon, ang Araw ng Katubusan (cf. Levitico 16). Ang dalawang beses-sa isang-linggo na pag-aayuno ay isang mabuting halimbawa ng umusbong na tradisyonalismo (cf. Zacarias 7-8). Ang pag-aayuno ay nawawala na ang espiritwal na halaga kapag iyon ay naging utos at nagdadala ng pansin sa sarili (cf. Mateo 6:16-18).

## NATATANGING PAKSA: PAG-AAYUNO (FASTING)

Ang pag-aayuno, bagaman di kailanman inutos sa NT, ay inaasahan at nararapat sa panahon para sa mga alagad ni Hesus mga alagad (cf. Mateo 6:16,17; 9:15; Marcos 2:19; Lucas 5:35). Ang wastong nag-aayuno ay inilarawan sa Isaias 58. Si Hesus ay nagtatakda ng pamamarisan mismo (cf. Mateo 4:2). Ang sinaunang iglesiya ay nag-aayuno (cf. Mga Gawa 13:2-3; 14:23; II taga-Corinto 6:5; 11:27). Ang layunin at paraan ay napakahalaga; ang pagsasaoras, ang haba, at dalas ay opsyonal. Ang pag-aayuno sa OT ay hindi isang pangangailanga para sa mga mananampalataya sa NT (cf. Mga Gawa 15:19-29). Ang pag-aayuno ay hindi isang paraan ng pagpapakita ng espiritwalidad, ngunit ng paglamit sa Diyos at sa paghahanap ng Kanyang pamatnubay. Ito rin makakatulong sa espiritwal na pangangailangan.

Ang pagkagawi ng sinaunang iglesiya sa asetisismo ay nagduloy sa mga eskriba na ilagay ang "nag-aayuno" sa maraming mga talata (i.e., Mateo 17:21; Marcos 9:29; Mga Gawa 10:30; I taga-Corinto 7:5). Para sa mas malalim na impormasyon sa mga may alintangang mga teksto, sumangguni kay Bruce Metzger, *One Textual Commentary on the Greek New Testament*, na inilimbag ng United Bible Societies.

▣

**NASB, NKJV "sila ay nagsilapit"**
**NRSV "dumating ang mga tao"**
**TEV, NJB "ilang tayo ay nagsilapit"**

Ang talatang 18 ay nagsimula sa pagtatala na ang mga alagad ni Juan at ang mga Fariseo ay nag-aayuno para sa katulad na pagdiriwang. Ang ilan ay nakita ito at lumapit at nagtanong kay Hesus tungkol sa kung bakit ang Kaniyang mga alagad ay hindi nag-aayuno sa ganitong pagdiriwang.

**2:19** Sa gramatika, ang tanong na ito ay inaasahan ang isang salungat sa sagot.

▣ **"'kasintahang-lalake'"** Maraming kinapapaloobang paglalarawan sa OT ang konsepto ng "kasintahang-lalake." Sa OT, si YHWH ay ang kasintahang-lalake o asawang lalaki ng Israel. Sa kontekstong ito, si Hesus ay ang kasintahang-lalake at ang iglesiya ay ang asawang babae (cf. taga-Efeso 5:23-32). Sa v. 20 "ang kasintahang-lalake ay aalis" ay tumutukoy sa isang panahon na ang paghihiwalay sa magaganap.

Ngayon, bilang mga tagapagpaliwanag, tayo ay may dalawang mga pagpipilian. Una, makikita natin ito bilang isang pangkulturang talinghaga tungkol sa isang panahon ng kaligayahan na nauugnay sa isang kasalan. Walang nag-aayuno sa panahon ng isang kasalan! Ikalawa, makikita natin ito bilang bilang talinghaga ng panahon ni Hesus sa mundo at Kaniyang darating na pagpapapako sa krus. Si Marcos (tagapagsalin ni Pedro) ay maaaring nalalaman ang buong kahihinatnan ng mga matalinghagang termino (sa Judaismo ang kasintahang-lalake ay isang talinghaga, hindi ang Mesias, ngunit ng darating na Kaharian ng Diyos). Ito ba ay isang hula sa kamatayan? Maliwanag Niyang naihayag ang Kaniyang pagka-Mesias at pagka-Diyos sa pamamagitan ng Kaniyang mga salita at mga gawa (i.e., mga pagpapalayas ng demonyo, mga pagpapagaling, pagpapatawad ng mga kasalanan). Gayunman, ang Lihim ng Mesias ng Marcos ay nagdudulot sa isa na mamangha! Ngunit ang patalinghagang wika at ang kahihinatnan nito sa vv. 21-22 ay ginawa akong makita ang buong konteksto sa isang kalagayang alang-alang sa iba, ngunit eskatolohiko (i.e., ang kasintahang-lalake ay namatay, ngunit ang Anak ng Diyos ay babalik at rmananatili). Sa pagitan ng kamatayan at pagbalik (i.e., ang pang-Mesias na piging), ang Kaniyang mga tagasunod ay mag-aayuno sa isang nararapat na paraan at sa isang nararapat na panahon.

**2:20 "'aalisin'"** Ito ay maaaring isang pagkabanggit sa Isaias 53:8 sa Septuagint. Pagkatapos ng pagpapapako sa krus, muling pagkabuhay, at pag-akyat sa langit, lubusang naunawaan ni Pedro ang kahalagahan ng Isaias 53.

▣ **"'mangag-aayuno sila'"** Ito ay isang PANGHINAHARAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG (isang kapahayagan ng katotohanan), hindi isang PAUTOS (kautusan).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2:21-22

**[21]Walang taong nagtatagpi ng matibay na kayo sa damit na luma: sa ibang paraan ang itinagpi ay binabatak ang tinagpian, sa makatuwid baga'y ang bago sa luma, at lalong lumalala ang punit. [22]At walang taong nagsisilid ng bagong alak sa mga balat na luma; sa ibang paraan ay pinupunit ng alak ang mga balat at nabububo ang alak at nasisira ang mga balat: kundi ang alak na bago ay isinisilid sa mga bagong balat.**

**2:21** Ito ay nagpapakilala ng isang pangkulturang katotohanan, na naging isang kawikaan.

**2:22 "mga balat na luma"** Ito ay tumutukoy sa mga kambing na binalatan sa isang paraan upang ipahintulot ang mga balat na gagamitin bilang sisidlan para sa mga likido. Ang bagong initimang mga balat ay maroong mga nababanat na katangian. Kapag ang balat ay naging luma, ang proseso ng pag-aasim at pag-alsa ng bagong alak ay magdudulot sa kanila na mabiyak. Ang Judaismo ay hindi kayang tanggapin ang mga kabatiran at mga pagtatama ni Hesus at, samakatuwid, ay malapit nang maging walang bisa at walang kabuluhan. Ang bagong kasunduan (cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:22-38) ay dumating kay Hesus! Walang mananatiling magkatulad.

Mayroong maraming mga Griyegong kaibahan na kaugnay sa talatang ito. Ang ilan ay nagmula sa mga kaagapay sa Mateo 9:17 at Lucas 5:37-38. Ang maikli ngunit malinaw na paraan ng Marcos sa pagtatala ng mga pangyayari ay nagdulot sa mga eskriba na tangkaing linawin ang kaniyang wika.

Pansinin ang matalinghagang mga titulo para kay Hesus sa kontekstong ito: (1) ang manggagamot, v. 17; (2) ang kasintahang-lalake, v. 19; (3) ang bagong alak, 21-22; at (4) ang Panginoon ng Sabbath, v. 28.

▣ **"nabubuo"** Tingnan ang Natatanging Paksa: *Apollumi* at 3:6.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2:23-28

**[23]At nangyari, na nagdaraan siya sa mga bukiran ng trigo nang araw ng sabbath; at ang mga alagad niya, samantalang nagsisilakad, ay nagpasimulang nagsikitil ng mga uhay. [24]At sinabi sa kaniya ng mga Fariseo, Narito, bakit ginagawa nila sa araw ng sabbath ang hindi matuwid? [25]At sinabi niya sa kanila, Kailan man baga'y hindi ninyo nabasa ang ginawa ni David, nang siya ay mangailangan, at magutom, siya, at ang kaniyang mga kasamahan? [26]Kung paanong pumasok siya sa bahay ng Diyos nang panahon ng dakilang saserdoteng si Abiatar, at kumain siya ng tinapay na itinalaga, na hindi matuwid kanin maliban na sa mga saserdote lamang, at binigyan pa rin niya ang kaniyang mga kasamahan? [27]At sinabi niya sa kanila, Ginawa ang sabbath ng dahil sa tao, at di ang tao ng dahil sa sabbath: [28]Kaya't ang Anak ng tao ay panginoon din naman ng sabbath.**

**2:23 "siya sa mga bukiran ng trigo nang araw ng sabbath"** Ito ay tumutukoy sa mga daan ng tao sa mga parang ng butil na nakapaligid sa mga nayon at mga bayan. Ang "mga parang ng butil" at tumutukoy sa anumang uri ng *cereal* binhi (i.e., barley, trigo).

**2:24 "'bakit ginagawa nila sa araw ng sabbath ang hindi matuwid'"** Ipinapalagay ng mga Fariseo ang mga gawa ng mga alagad na (1) pag-aani; (2) pagtatahip; at (3) paghahanda ng pagkain sa Sabbath, na illegal ayon sa kanilang pasalitang mga tradisyon batay sa Exodo 34:21. Ang mga alagad ni Hesus ay hindi gumagawa ng anumang illegal sa kanilang mga gawa ayon sa kautusan ng paghihimay o pagtitipon sa OT (cf. Deuteronomio 23:25); ang suliranin ay ang araw (cf. Genesis 2:1-3; Exodo 20:8-11; 23:12; 31:15; Deuteronomio 5:12-15) na ginawa nila iyon! Iyon ay tila na ang mga manunulat ng Ebanghelyo ay tinala ang mga gawa ni Hesus sa Sabbath upang ipakita (1) ang mga pagtatalo na kanilang idinulot o (2) na ginawa ni Hesus ang ganitong uri ng mga bagay sa pang-araw-araw at ang Sabbath ay hindi pasubali.

**2:25-28** Ang kilalang kapahayagan na ito (cf. v. 27) ni Hesus ay natatangi sa Marcos. Iyon ay nagpapahayag ng Kaniyang awtoridad upang maipaliwanag ang mga tradisyonal na pagkaunawa at mga gabay (cf. Mateo 5:17-48). Ito ay sa katotohanan ng isa pang tanda na si Hesus ay inaangkin ang pagka-Mesias ng Diyos.

**2:25** Sa gramatika, ang tanong na ito ay inaasahan ang isang salungat na tugon. Iyon ay tumutukoy sa isang tala ng buhay ni David na naitala sa I Samuel 21. Kadalasang ginagamit ni Hesus ang OT upang ilarawan ang Kaniyang mga katuruan (cf. 2:25-26; 4:12; 10:6-8,19; 12:26,29-30,36).

**2:26 '"ang bahay ng Diyos'"** Ito ay tumutukoy sa ang dinadalang Tabernakulo na matatagpuan sa Nod.

▣ **"'Abiatar'"** Mayroong isang pangkasaysayan suliranin sa pagitan I Samuel 21:1ff, kung ihahalindulad sa II Samuel 8:17 at I Cronica 18:16 sa pangalang Abiatar o Abimelech: (1) kapwa ang ama at ang anak ay tinawag na Punong Saserdote at (2) ginamit ni Hesus ang isang PANG-UKOL, *epi*, na may isang DYENITIBO sa kaunawaan ng "sa mga araw ng" ay nangahulugang "sa panahon ng kaniyang panahon" (cf. Mga Gawa 11:28; Hebreo 1:2). Alam natin na pagkatapos ng pangyayaring ito, si Haring Saul ay pinatay si Abimelech at si Abiatar tumakas papunta kay David (cf. I Samuel 22:11-23) at naging isa sa dalawang kilalang mga mataas na saserdote (i.e., Abiatar at Zadock).

Ito ay isang halimbawa ng mga uri ng mga suliranin na hindi payak na maipapaliwanag lamang. Ito ay hindi pagkakaiba sa Griyegong kasulatan. Kung iyon ay isa, maaaring ipagpalagay ang isang sinaunang kamalian sa pagsipi bago sa mga kasulatang papyri na isinulat sa kamay (na isang haka-haka). Iyon ay nakakaligalig sa lahat ng mga guro ng Bibliya na si Hesus ay mali ang pagkakasipi ng isang bahagi ng kasaysayan ng OT, lalo na na sa kontekstong ito, na si Hesus ay sinisisi ang mga Fariseo sa hindi pagbabasa ng Kasulatan.

Ito ang ilang mga akat na susubukang talakayin ang mga konserbatibong pamimilian sa pagpapaliwanag ng mga mahirap na teksto.

1. *Hard Sayings of the Bible* nina Walter C Kaiser, Jr., Peter H. Davids, F. F. Bruce at Manfred T. Branch.
2. *Encyclopedia of Bible Difficulties* ni Gleason L. Archer.
3. *Answers to Questions* ni F. F. Bruce.

▣ **"'tinapay na itinalaga'"** Ang mga tinapay ay tumitimbang ng halos 6 na libra bawat isa! Mayrong 12 tinapay ang pinapalitan linggo-linggo at ang linggong tanda na mga tinapay na sumasagisag sa pagtutustos ni YHWH para sa labingdalawang angkan ng Israel ay kakainin lamang ng mga saserdote (cf. Exodo 25:23-28; Levitico 24:5-9). Ang Diyos ay gumawa ng isang pasubali sa kautusan sa kasong ito. Inaangking ni Hesus ang katulad na awtoridad bilang Punong Saserdote at ang katulad na karapatan bilang malapit-nang-maging hari, na si David!

**2:27** Angg mga kautusan sa Sabbath ay naging una. Ang mga tradisyon ang naging isyu ng relihiyon, hindi pag-ibig para sa mga tao na nilikha sa larawan ng Diyos. Ang pagkaunat ng mga utos ay pinalitan ang pagkauna ng kaugnayan. Ang kagalingan ay pinalitan ang pag-ibig. Pinalitan ng mga pang-relihiyong tradisyon (i.e., ang Pasalitang Kautusan) ang nais ng Diyos (cf. Isaias 29:13; taga-Colosas 2:16-23). Paano malulugod ang Diyos? Isang mabuting paghahambing sa OT ay maaaring ang sakripisyo. Ninanais iyon ng Diyos bilang isang paraan para sa makasalanan, nangangailangang sangkatauhan up lumapit sa Kaniya at ipinanumbalik ang nasirang pakikipag-ugnayan, ngunit iyon ay naging isang ritwal, liturhikong pamamaraan. Gayun din, ang kautusan ng Sabbath! Ang sangkatauhan ay naging lingkod sa halip na ang layon (i.e., ang dahilan para sa kautusan).

Ang tatlong mga kapahayagan ng vv. 27-28 ay, sa isang kaunawaan, magkaagapay (i.e., lahat ay gumagamit ng mga panglahat na termino para sa sangkatauhan). Ang terminong "anak ng tao" sa v. 28 ay ang Semitikong wikain para sa "taong nilalang" (cf. Mga Awit 8:4; Ezekiel 2:1). Iyon ang naging sariling-katawagan ni Hesus. Si Hesus, ang Tao, ay naghahayag ng hantungang dangal at pagiging-una ng sangkatauhan! Ang Diyos ay naging isa sa atin, para sa atin! Ang pantaong pangangailangan ay nauuna sa pang-relihiyong tradisyon. Ang Diyos ay para sa atin nang isa-isa at panglahatan.

**2:28 "Anak ng Tao"** Tingnan ang tala sa 2:10.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Itala ang mga talinghagang ginamit ni Hesus upang ilarawan ang Kaniyang sarili sa 17, 19, 21-22, 28.
2. Bakit ang mga pang-relihiyong pinuno ay lubhang salungat sa katuruan ni Hesus?
3. Bakit tumawag si Hesus ng isang tao na lubhang kinamumuhian at nilalayuan tulad ni Levi na maging Kaniyang alagad?
4. Paano nauugnay ang mga katuruan ni Hesus sa pasalitang tradisyon ng mga Hudyo?
5. Bakit hindi palagiang bahagi ang pag-aayuno sa ating pagsamba ng Diyos?
6. Ano ay ang sentrong katotohanan ng talinghaga ni Hesus sa vv. 19-22?
7. Wala bang malasakit si Hesus sa kautusang pang-seremonya o mayroong bang bakasakali sa Kaniyang mga gawa sa vv. 23-28?
8. Ano sa palagay mo ang tungkol sa pangkasaysayang kamalian sa v. 26?
9. Paano maiuugnay ang v. 27 ngayon?

# MARCOS 3

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Tao na may Isang Nalantang Kamay | Ang pagpapagaling sa Sabbath | Si Hesus at mga Kautusan ng Sabbath<br>(2:23-3:6) | Ang Tao may isang Parali-tikong Kamay | Paggaling ng Tao na may Isang Nalatang Kamay |
| 3:1-6 | 3:1-6 | | 3:1-4a | 3:1-6 |
| | | | 3:4b-6 | |
| Karamihan ng Tao sa Tabing-Dagat | Napakaraming Tao ang Sumunod kay Hesus | Ang Gawa ng Pagpapagaling | Mga Tao sa Lawa | Ang Mga Taon Sumusunod kay Hesus |
| 3:7-12 | 3:7-12 | 3:7-12 | 3:7-11 | 3:7-12 |
| | | | 3:12 | |
| Ang Pagpili ng Labindalawa | Ang Labindalawang Apostol | Ang Labindalawang Pinili | Pinili ni Hesus ang Labin-dalawang Apostol | Ang Pagtatalaga sa Labin-dalawa |
| 3:13-19 | 3:13-19 | 3:13-19a | 3:13-15 | 3:13-19 |
| | | | 3:16-19 | |
| Si Hesus at Beelzebul | Ang Bahay na Nahati ay Hindi Makakatindig | Mga Tanong tungkol sa Kapangyarihan ni Hesus<br>3:19b-27 | Si Hesus at Beelzebul | Ang Kaniyang Pamilya ay Nag-aalala kay Hesus |
| 3:20-30 | 3:20-27 | | 3:20-21 | 3:20-21 |
| | | | | Ang mga Paratang ng mga Eskriiiba |
| | | | 3:22 | 3:22-27 |
| | | | 3:23-26 | |
| | | | 3:27 | |
| | Ang Di-Napapatawad na Kasalanan | | | |
| | 3:28-30 | 3:28-30 | 3:28-30 | 3:28-30 |
| Ang Ina at Mga Kapatid na Lalaki ni Hesus | Ipinadala ang Ina at Mga Kapatid ni Hesus | | Ina at Mga Kapatid na Lalaki ni Hesus | Ang Tunay na Kamag-anak ni Hesus |
| 3:31-35 | 3:31-35 | 3:31-35 | 3:31-32 | 3:31-35 |
| | | | 3:33-35 | |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng pagpapaliwanag. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Pangatlong talata

4. Atbp.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 3:1-6**

**1 At siya ay muling pumasok sa sinagoga; at doon ay may isang lalake na tuyo ang kaniyang kamay. 2 At siya ay inaabangan nila kung pagagalingin siya sa araw ng sabbath; upang siya ay maisakdal nila. 3 At sinabi sa lalaking tuyo ang kamay, Magtindig ka. 4 At sinabi niya sa kanila, Katuwiran baga ang gumawa ng magaling sa araw ng sabbath, o ang gumawa ng masama? magligtas ng isang buhay, o pumatay? Datapuwa't sila ay hindi nagsiimik.**
**5 At nang siya ay lumingap sa kanila sa palibotlibot na may galit, sapagkat ikinalungkot niya ang katigasan ng kanilang puso, ay sinabi niya sa lalake, Iunat mo ang iyong kamay. At iniunat niya: at gumaling ang kaniyang kamay. 6 At nagsilabas ang mga Fariseo, at pagdaka ay nakipagsanggunian sa mga Herodiano laban sa kaniya, kung paanong siya ay maipapupuksa nila.**

**3:1 "sa isang sinagoga"** Ang pangyayaring ito ay kaagapay sa Mateo 12:9-14 at Lucas 6:6-11. Ang sinagoga ay umunlad sa panahon ng Pagkakatapon sa Babilonya. Iyon ay isang lugar na pangunahin sa education, panalangin, pagsamba, at pakikipag-ugnayan. Iyon ay ang lokal na pagpapakilala ng Judaismo habang ang Templo ay ang pambansang sentro.

Si Hesus ay palagiang dumadalo sa mga sinagoga. Siya ay natutuo ng Kaniyang Banal na Kasulatan at mga tradisyon sa sinagogang paaralan sa Nazareth. Siya ay lubusang lumalahok sa unang siglong pang-Hudyong pagsamba.

Iyon din ay nakakawili na si Hesus, na tila may hangarin, na kumilos sa mga mapamukaw na pamamaraan sa Sabbath at sa sinagoga. Kaniyang sinadyang suwayin ang mga Pasalitang Tradisyon (i.e., Talmud) ng mga matatanda gayundin sa pagpasok sa isang teolohikong paghaharap/pagtalakay sa mga pang-relihiyong pinuno (kapwa lokal at pambansa; kapwa mga Fariseo at mga Saduceo). Ang pinakamahabang pagtalakay ng Kaniyang teolohiya na naiiba mula sa mga tradisyunal na mga pamantayan ay ang Pangangaral (Sermon) sa Bundok (cf. Mateo 5-7, lalo na sa 5:17-48).

▣ **"tuyo ang kamay"** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA KATAGA. Lucas 6:6 ay nagsasabing iyon ay kaniyang kanang kamay, na maaaring nakaapekto sa kaniyang kakayahan na magtrabaho.

**3:2 "siya ay inaabangan nila"** Ito ay DI-GANAP NA PANAHUNAN. Iyon ay tumutukoy sa palagiang-pagmamasid na presensiya ng mga pang-relihiyong pinuno.

▣ **"kung"** Ito ay isang UNANG URING MAY PASUBALI NA PANGUNGUSAP, na ipinagpapalagay na totoo. Si Hesus ay nagpagaling sa Sabbath sa sinagoga habang sila ay nagmamasid!

▣ **"upang siya ay maisakdal nila"** Ito ay isang *hina*, o layunin, sugnay. Sila ay hindi nakatuon sa lumpo. Nais nilang mahuli si Hesus sa isang teknikal na paglabag upang Siya ay pabulaanan at tanggihan. Si Hesus ay kumilos dahil sa pagkahabag sa tao, upang magpatuloy sa pagtuturo ng Kaniyang mga alagad, at upang harapin ang mga namimihasa sa pamumuno, nakatali sa tradisyon, makasariling mga pang-relihiyong pinuno.

**3:3**
**NASB "Magtindig ka!"**
**NKJV "Lumapit ka sa harapan"**
**NRSV "Lumapit ka"**
**TEV "Lumapit ka dito sa harapan"**
**NJB "Tumayo at pumunta sa gitna"**

Ito sa literal ay "tumayo sa ginta." Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS. Ito ay nangyari upang makita nang lahat.

**3:4** Ang mga rabbi ay mayroong isang napakaunlad na Pasalitang Tradisyon (Talmud) na nagpapaliwanag ng Kautusan ni Moises (cf. 2:24). Sila ay gumagawa ng mahigpit na mga pagpapahayag sa kung ano ang ligal na gawin o hindi dapat gawin sa Sabbath. Ang isa ay maaaring magpanatili ng isang nasugatang tao sa isang biglaang pangyayari, ngunit hindi maaaring pag-igihin ang kaniyang kalagayan. Ang pag-usisa ni Hesus ay naghahayag sa suliranin ng ang pagiging-una ng kanilang itinatanging mga tradisyon na higit sa pangangailangan ng tao. Ito ay palaging totoo sa mga *legalists*!

▣ **"magligtas"** Ito ay ang Griyegong termino, *sōzō*. Iyon ay ginamit sa dalawang natatanging paraan sa NT: (1) iyon ay sumusunod sa paggamit ng OT sa pagpapalaya mula sa pisikal na mga suliranin at (2) iyon ay ginamit sa espiritwal na kaligtasan. Sa mga Ebanghelyo, iyon ay kadalasang may unang kahulugan (cf. 3:4; 8:35a; 15:30-31; kahit na ang paggaling, cf. 5:23,28,34; 6:56; 10:52), ngunit sa 8:35b; 10:26; 13:13 iyon ay maaring tumutukoy sa pangalawang kahulugan. Ito ay may katulad sa dalawahang paggamit sa Santiago (#1 sa 5:15,20, ngunit #2 sa 1:21; 2:14; 4:12).

▣ **"buhay"** Ito ay ang Griyegong salita *psuchē*. Iyon ay lubhang mahirap bigyang-kahulugan. Iyon ay maaaring magsabi ng

1. ating pang-mundong pisikal na buhay (cf. 3:4; 8:35; 10:45)
2. ating mga damdamin at sariling kamalayan (cf. 12:30; 14:34)
3. ating espiritwal, walang hanggang kamalayan (cf. 8:36,37)

Ang kahirapan sa pagsasalin ng terminong ito ay nagmula sa Griyegong pilosopiyang paggamit nito, mga tao na may isang kaluluwa, sa halip na ang Hebreong konsepto ng mga tao bilang isang kaluluwa (cf. Genesis 2:7).

**3:5 "nang siya ay lumingap sa kanila sa palibotlibot na may galit"** Ang ebanghelyo ni Marcos ay ang pinakamalinaw na pagtala ng mga damdamin ni Hesus (cf. 1:40- 42,43; 3:1-5; 10:13-16,17-22; 14:33-34; 15:34). Ang lumalalim na katahimikan at pagkamataas na pag-uugali ng mga makasariling pang-relihiyong pinuno ay napoot kay Hesus! Ang pangyayaring ito ay patuloy na nililinaw ang 2:27-28.

▣ **"ikinalungkot niya ang katigasan ng kanilang puso"** Ito ay isang pinatinding anyo ng terminong dalamhati (*lupē*) na may PANG-UKOL *sun*. Iyon ang tanging ginamit dito sa NT. Nakikilala ni Hesus ang suliranin at pangangailangan ng taong ito kaya Siya ay sumagot ng pasalungat sa di-pagkakasundo ng mga pang-relihiyong pinuno. Hindi nila gustong makita ang katotohanan dahil ng kanilang pangako sa tradisyon (cf. Isaias 29:13; taga-Colosas 2:16-23). Gaano kadalas ito nangyayari sa atin?

Ang terminong "katigasan" ay nangangahulugang tumigas na *calcium* (cf. taga-Roma 11:25; taga-Efeso 4:18). Tingnan ang Natatanging Paksa: Puso sa 2:6.

▣ **"gumaling"** Ang terminong ito (i.e., maipanumbalik sa orihinal nitong kalagayan) ay nagpapahiwatig na pagkatuyo ng kamay ay isang aksidente, hindi isang kapansanan sa kapanganakan. Ang di-kanonikong *Gospel of Hebrews* ay tinala ang tradisyon na siya ay isang mason na lumapit kay Hesus upang ipanumbalik ang kaniyang kamay upang siya ay makabalik sa kaniyang trabaho.

**3:6 "nagsilabas ang mga Fariseo"** Lucas 6:11 ay nagsasabing "sa pagkapoot." Ito sa literal ay "nawala sa pag-iisip" (cf. II Timoteo 3:9). Tingnan ang tala sa mga Fariseo sa 2:16.

▣ **"pagdaka"** Tingnan ang tala sa 1:10.

▣ **"nagsipagsanggunian"** Ito ay isang DI-GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG na ginamit sa kaunawaan ng pagsisimula ng isang pagkilos sa nakalipas na panahon. Sa v. 11, tatlong MGA DI-GANAP ay ginamit upang ipakita ang inulit na pagkilos sa nakalipas na panahon. Ang dalawang mga pagkagamit ay ang pangunahing lingwistikong tungkulin ng panahunang ito.

▣ **"sa mga Herodiano"** Karaniwang ang napaka-konserbatibo at makabayang mga Fariseo ay walang kinalaman sa mga pulitikong Herodiano na nagtataguyod sa pamumuno ng Herodes at pananakop ng Romano.

## NATATANGING PAKSA: MGA HERODIANO (HERODIANS)

Ang mga Herodiano ay isang natatanging pangkat nang unang siglong Palestino na nagmula sa kanilang pakikipag-ugnayan sa namumunong pamilya ng Herodes (tingnan si Josepho, *Antiq.* 14.15.6).

Ang Herodes ay isang Idumaenong (Edom) pamilya ng mga pinuno na nagsimula kay Herodes ang Dakila. Sa kaniyang kamatayan marami sa kaniyang mga anak na lalaki ay hinati ang kaniyang kaharian. Lahat ng Herodes ay tagataguyod ng pamahalaang Romano. Ang kanilang mga tagasunod ay nagnanais na mapanatili ang pampulitkong *status quo*. Gusto nila ang pamumuno ng Herodes kaysa tuwirng pamumunong Romano. Ang pangkat na ito ay mahigpit na pampulitika. Sila ay walang opisyal na pagkakilanlan sa teolohiya ng mga Fariseo o mga Saduceo.

▣ **"kung paanong siya'y maipapupuksa nila"** Ang mga pinuno ay sumama ang loob sa pagpapagaling sa Sabbath, ngunit hindi nakita ang suliranin sa nilalayong pagpatay! Maaaring binatay nila ang kapasyahang sa Exodo 31:13-17. Ang mga kakaibang bagay ay maaaring naisakatuwiran sa pangalan ng Diyos. Ito ay maliwanag na isang pagpapauna sa kamatayan ni Hesus sa mga kamay ng Hudyong pamumuno.

## NATATANGING PAKSA: PAGKAWASAK (*APOLLUMI)* (DESTRUCTION (*APOLLUMI*))

Ang salitang ito ay may malawak sinasakupang pang-semantiko, na nagdulot nang labis na pagkalito sa kaugnayan nito sa mga pagkaunawang teolohikal sa paghahatol at paglilipol. Ang pangunahing literal na kahulugan ay galing sa apo at ollumi, sumira, pumuksa.

Ang suliranin ay nanggaaling sa mga patalinghagang paggamit ng salita. Ito ay maliwanag na makikita sa *Greek-English Lexicon of the New Testament, Based On Semantic Domains,* tomo 2, p. 30 nila Louw at Nida. Ito ay nagtala ng maraming mga kahulugan ng salita

1. sirain (e.g., Mateo 10:28; Lucas 5:37; Juan 10:10; 17:12; Mga Gawa 5:37; taga-Roma 9:22 mula sa tomo 1, p. 232)
2. nabigong makamit (e.g., Mateo 10:42, tomo 1, p. 566)
3. nawala (e.g., Lucas 15:8, tomo 1, p. 566)
4. walang kamalayan sa kinalalagyan (e.g., Lucas 15:4, tomo 1, p. 330)
5. kamatayan (e.g., Mateo 10:39, tomo 1, p. 266)

Si Gerhard Kittel, sa kanyang *Theological Dictionary of the New Testament*, tomo 1, p. 394, ay sinubukang ilarawan ang mga pagkakagamit sa pamamagitan ng pagtatala ng apat na mga kahulugan:

1. pumuksa o pumatay (e.g., Mateo 2:13; 27:20; Marcos 3:6; 9:22; Lucas 6:9; I taga-Corinto 1:19)
2. mawalan o magdusa sa pagkakawala (e.g., Marcos 9:41; Lucas 15:4,8)
3. masawi (e.g., Mateo 26:52; Marcos 4:38; Lucas 11:51; 13:3,5,33; 15:17; Juan 6:12,27; I taga-Corinto 10:9-10)
4. mawala (e.g., Mateo 5:29-30; Marcos 2:22; Lucas 15: 4,6,24,32; 21:18; Mga Gawa 27:34)

Sinabi ni Kittel na, "sa pangkahalatan, masasabing ang #2 at #4 ay naging batayang mga pahayag na may kaugnayan sa mundong ito tulad ng sa Sinoptiko, samantalang ang #1 at #3 ay naging batayan ng may sa susunod na mundo, tulad nina Pablo at Juan" (p. 394).

Kalakip nito ang pamamalagi ng pagkalito. Ang salita ay may malawak na semantikong pagkagamit na ang iba't-ibang mga may-akda sa NT ay ginagamit ito sa magkakaibang mga pamamaraan. Gusto ko ang sinulat ni Robert B. Girdlestone, *Synonyms of the Old Testament*, pp. 275-277. Inugnay niya ang salita sa mga tao na nawasak ang moralidad at naghihintay ng walang-hagang pagkakahiwalay sa Diyos laban sa mga taong nakikilala si Kristo at mayroong buhay na walang-hanggan sa Kanya. Ang huling pangkat ay "maliligtas," subalit ang unang pangkat ay "mawawasak."

Si Robert B. Girdlestone, Synonyms of the Old Testament, p. 276), ay pinupunta na mayroong maraming lugar kung saan ang terminong ito ay hindi maisasaling pagkalipol, "ngunit ang ganitong pinsala na ginagawa ng isang bagay na walang praktikal na gamit para sa orihinal nitong layunin."

1. pagsasayang ng langis o pamahid, Mateo 26:8
2. pagkawasak ng lumang pantakip ng alak, Mateo 9:17
3. pagkawasak ng buhok, Lucas 21:18
4. pagkawasak ng pagkain, Juan 6:27
5. pagkawasak ng ginto, 1 Pedro 1:17
6. pagkawasak ng mundo, 2 Petro 3:6
7. pagkawasak ng pisikal na katawan, Mateo 2:13; 8:25; 12:14; 21:41; 22:7; 26:52; 27:20; taga-Roma 2:12; 14:15; at 1 taga-Corinto 8:11

Ang mga terminong ito ay hindi tumutukoy sa pagkalipol ng tao, ngunit ang pagkatapos ng pangkatawang pag-iral. It ay karaniwan ding ginagamit sa isang moral na kaunawaan. "Ang lahat ng tao ay tinuturing wasak ang moralidad, i.e., nabigo silang tuparin ang layunin kung saan ang saling-lahi ay tinawag para sa pag-iral" (p. 276). Ang tugon ng Diyos sa kanilang suliraning pangkasalanan ay si Hesuskristo (cf. John 3:15-16 at 2 Pedro 3:9). Silang tumanggi sa ebanghelyo ay nasasailalin na ngayon sa isang mas maigting na pagkawasak, na kinapapalooban ng katawan at espiritu (cf. 1 taga-Corinto 1:18; 2 taga-Corinto 2:15; 4:3; 2 taga-Thesalonica 2:10). Para sa salungat na palagay, tingnan si Fudge, *The Fire That Consumes.*

Hindi ko sinasang-ayunan (cf. R. B. Girdlestone, *Synonyms of the Old Testament*, p. 276) na ang termino ay nangangahulugang paglilipol o *annihilation* (cf. E. Fudge, *The Fire That Consumes*). Ang salitang "walang-hanggan" ay ginamit sa kapwa walang-hanggang kaparusahan at walang-hanggang buhay sa Mateo 25:46. Pagbaba ng isa ay pagbaba ng dalawa!

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 3:7-12

**7 At si Hesus na kasama ng kaniyang mga alagad ay lumigpit sa dagat: at nagsisunod sa kaniya ang lubhang karamihang taong mula sa Galilea; at mula sa Judea, 8 At mula sa Herusalem, at mula sa Idumea, at mula sa dakong ibayo ng Jordan, at sa palibotlibot ng Tiro, at Sidon, na lubhang maraming tao, nang mabalitaan ang**

**lubhang mga dakilang bagay na kaniyang ginagawa, ay nagsiparoon sa kaniya. 9At sinabi niya sa kaniyang mga alagad, na ihanda sa kaniya ang isang maliit na daong dahil sa karamihan, baka siya ay kanilang siksikin: 10Sapagkat siya ay nakapagpagaling sa marami; ano pa't sinisiksik siya ng lahat ng mga nasasalot upang siya ay mahipo nila. 11At ang mga karumaldumal na espiritu, pagkakita sa kaniya, ay nangagpatirapa sa kaniyang harapan, at nangagsisisigaw, na nangagsasabi, Ikaw ang Anak ng Diyos. 12At ipinagbilin niya sa kanilang mahigpit na siya ay huwag nilang ihayag.**

**3:7-8** Ang lumalagong katanyagan ni Hesus ay isa pang dahilan ng pagsalungat mula sa mga pang-relihiyong pinuno (cf. Mateo 12:15-16; Lucas 6:17- 19).

**3:8 "Idumea"** Ito ay tumutukoy sa ang pambansang mga lupain ng sinaunang Edom na tinubuang-bayan ng Herodes.

▣ **"dakong ibayo ng Jordan"** Ito ay tumutukoy sa bahaging tinawag na Perea sa rehiyon ng trans-Jordan. Ito ay isa sa tatlong mga rehiyon na tinukoy bilang may pananagutan sa Kautusan ni Moises (i.e., Judah, Galilea, at ang lupain sa kabilang panig ng Jordan [i.e., Perea, cf. *Baba Bathra* 3:2]). Iyon ay opisyal na tinukoy bilang lupain sa pagitan ng mga ilog ng Jabbok at Arnon (sa OT, Ammon at Moab).

▣ **"at sa palibotlibot ng Tiro, at Sidon"** Ito ay tumutukoy sa sinaunang kaharian ng Phoenicia.

▣ **"na lubhang maraming tao"** Tila ang mga ito ay magkahalong mga Hudyo at mga Hentil.

**3:9 "isang maliit na daong"** Ito ay tumutukoy sa isang maliit na daong.

▣ **"ihanda sa kaniya dahil sa karamihan"** Ang daong na ito ay palaging magagamit upang hindi Siya maitulak ng sa dagat ng nagtutulakang karamihan ng tao (cf. 1:45).

**3:10 "siya ay kanilang siksikin"** Sa literal, ito ay "nahuhulog na pasalungat." Bawat-isang may sakit ay nagnanais na mahawakan Siya (cf. 5:25-34). Ang karamihan ng mga taong it ay tulad ng silidhintayan ng isang *emergency room* ng isang ospital sa bayan.

**3:11** Mayroong kalipunan ng tatlong DI-GANAP NA MGA PANDIWA sa talatang ito ay nagpapakita ng nagpapatuloy na pagharap ni Hesus sa mga demonyo. Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagpapalayas ng mga Demonyo sa 1:25.

▣ **"Anak ng Diyos"** Ang mga demonyo ay hindi mga saksi para sa pakinabang ni Hesus, ngunit upang mapatingkad ang mga maling palagay na inaasahan. Ito ang pinanggalingan ng sakdal sa 3:22 na ang kapangyarihan ni Hesus ay nagmula kay Satanas (cf. Mateo 9:34; 10:25; 11:18). Ang Hudyong mga pinuno ay hindi mahahamon ang kapangyarihan ni Hesus, kaya tinuligsa nila ang pinagmulan ng Kaniyang awtoridad.

## NATATANGING PAKSA: ANG ANAK NG DIYOS (SON OF GOD)

Isa ito sa mga pangunahing katawagan (titulo) sa NT para kay Hesus. Ito ay may tiyak na kahulugang pagka-Diyos (banal) . Ito ay nagsasama kay Hesus bilang "ang Anak" o "Aking Anak" at ipinakikilala ang Diyos bilang "Ama." Makikita ito sa NT ng higit sa 124 na beses. Maging ang sariling katawagan (designasyon) ni Hesus bilang "Anak ng Tao" ay mayroong banal na kahulugan mula sa Daniel 7:13-14.

Sa OT ang katawagang "anak" ay maaring tumutukoy sa apat na partikular na mga grupo.

A. Ang mga anghel (kadalasang PANGMARAMIHAN, cf. Genesis 6:2; Job 1:6; 2:1)
B. Ang Hari ng Israel (cf. II Samuel 7:14; Mga Awit 2:7; 89:26-27)
C. Ang bansang Israel sa kabuuan (cf. Exodo 4:22-23; Deuteronomio 14:1; Osea 11:1; Malakias 2:10)
D. Ang mga hukom ng Israel (cf. Mga Awit 82:6)

Ito ay ikalawang pagkagamit na inuugnay kay Hesus. Sa ganitong paraan, ang "anak ni David" at "anak ng Diyos" ay kapwa nauugnay sa II Samuel 7; Awit 2 at 89. Sa OT, ang "anak ng Diyos" ay hindi kailanman ginamit nang tiyakan sa Mesias, maliban bilang ekastolohikal na hari na gaya ng sa "pinahirang mga katungkulan" ng Israel. Gayunpaman, sa *Dead Sea Scrolls* ang titulo na may maka-Mesias na kahihinatnan ay karaniwan (tignan mga partikular na pinagmulan sa *Dictionary of Jesus at the Gospels*, p. 770). Gayundin, ang "Anak ng Diyos" ay isang maka-Mesias na titulo sa dalawang interbiblikal na mga gawang Hudyong apokaliptiko (cf. II Esdras 7:28; 13:32,37,52; 14:9 at I Enoch 105:2).

Ang kaligiran nito sa NT sa kanyang pagtukoy kay Hesus ay pinakamahusay na mabubuod sa pamamagitan ng maraming mga pangkat.

1. Ang Kanyang pag-iral bago pa man ang paglilikha (cf. Juan 1:15-30; 8:56-59; 16:28; 17:5; 2 Corinto 8:9; taga-Filipos 2:6-7; taga-Colosas 1:17; Mga Hebreo 1:3; 10:5-8)

2. Ang Kanyang natatanging (birheng) kapanganakan (cf. Mateo 1:23; Lucas 1:31-35)
3. Ang Kanyang bautismo (cf. Mateo 3:17; Marcos 1:11; Lucas 3:22. Ang tinig ng Diyos mula sa langit ay nagsasama ng maharlikang hari ng Awit 2 sa naghihirap na lingkod ng Isaias 53).
4. Ang Kanyang maka-Satanas ng panunukso (cf. Mateo 4:1-11; Marcos 1:12,13; Lucas 4:1-13. Siya ay tinukso upang pag-alinlangan ang Kanyang pagiging anak o matupad man lang ang layunin nito sa ibang kaparaanan maliban sa krus).
5. Ang Kanyang paninindigan sa mga hindi katanggap-tanggap na pagtatapat
   a. Mga demonyo (cf. Marcos 1:23-25; Lucas 4:31-37,41; Marcos 3:11-12; 5:7; tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Demonyo [mga masamang espiritu])
   b. Mga di-mananampalataya (cf. Mateo 27:43; Marcos 14:61; Juan 19:7)
6. Ang Kanyang paninindigan sa kanyang mga alagad
   a. Mateo 14:33; 16:16
   b. Juan 1:34,49; 6:69; 11:27
7. Ang Kanyang sariling paninindigan
   a. Mateo 11:25-27
   b. Juan 10:36
8. Ang Kanyang paggamit ng talinghagang pampamilya sa Diyos bilang Ama
   a. Ang Kanyang paggamit ng "abba" para sa Diyos
      1) Marcos 14:36
      2) taga-Roma 8:15
      3) taga-Galacia 4:6
   b. Ang Kanyang paulit-ulit na paggamit ng Ama (*patēr*) upang ilarawan ang Kanyang kaugnayan sa pagka-Diyos

Sa pagbubuod, ang titulong "Anak ng Diyos" ay mayroong dakilang teolohikong kahulugan para sa mga nakakaalam ng OT at ang kanyang mga pangako at mga pangkat, ngunit ang mga manunulat ng NT ay kinakabahan sa paggamit nito sa mga Hentil dahil sa kanilang paganong pinanggalingan ng "mga diyos" na kumukuha ng mga kababaihan na nagbubunga ng mga anak na "mga titan" o "mga higante."

**3:12** Ito ay ang nagpapatuloy na pagbibigay-diin sa "Lihim ng Mesias" sa Marcos. Si Hesus, sa salita at gawa, ay lubusang nahayag bilang Mesias sa unang bahagi ng Marcos, ngunit dahil sa kalawang pagkaunawa ng (1) Hudyong pamumuno (i.e., Mesias bilang pambansang bayani na magpapanumbalik ng Israel sa kabantugan sa mundo) at (2) ang karamihan ng tao (i.e., Mesias bilang manggagawa ng himala), nagpaalala si Hesus sa maraming magkaibang tao na huwag ipamalita ang kanilang kaalaman ng Kaniya. Ang ebanghelyo ay natapos lamang kasunod ng Kaniyang buhay, kamatayan, muling pagkabuhay, at pag-akyat sa langit.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 3:13-19

**[13]At siya ay umahon sa bundok, at tinawag niya ang balang kaniyang maibigan: at nagsilapit sila sa kaniya. [14]At naghalal siya ng labingdalawa, upang sila ay makisama sa kaniya, at upang sila ay suguin niyang magsipangaral, [15]At magkaroon ng kapamahalaang magpalayas ng mga demonyo: [16]At si Simon ay kaniyang pinamagatang Pedro; [17]At si Santiago na anak ni Zebedeo, at si Juan na kapatid ni Santiago; at sila ay pinamagatan niyang Boanerges, na sa makatuwid baga'y mga Anak ng kulog: [18]At si Andres, at si Felipe, at si Bartolome, at si Mateo, at si Tomas, at si Santiago, na anak ni Alfeo, at si Tadeo, at si Simon ang Cananeo, [19]At si Judas Iscariote, na siya ring nagkanulo sa kaniya. At pumasok siya sa isang bahay.**

**3:13 "siya ay umahon sa bundok"** Ito ay maaaring maunawaan sa dalawang paraan: (1) iniwan ni Hesus ang lugar na malapit sa dagat ng Galilea at nagtungo sa maburol na bahagi ng bayan o (2) ito ay isang pasimula sa tagpuan sa Pangangaral sa Bundok (cf. Mateo 5-7), na hindi tinala ni Marcos.

**3:14 "naghalal siya ng labingdalawa"** Ito ay kaagapay sa Pangangaral sa Libig ng Lucas, Lucas 6:12-16. Hindi tinala ni Marcos ang Pangangaral sa Bundok ni Mateo (i.e., Mateo 5-7).

## NATATANGING PAKSA: ANG BILANG NA LABINDALAWA (THE NUMBER TWELVE)

Ang labindalawa ay palagiang isang simbolikong (tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Simbolikong Bilang sa Kasulatan) bilang ng samahan

A. sa labas ng Bibliya
   1. labindalawang mga tanda ng Zodiac
   2. labindalawang buwan ng taon
B. sa OT (BDB 1040 plus 797)

1. ang mga anak na lalaki ni Jacob (ang Hudyong mga angkan)
2. ipinapakilala sa
   a. labindalawang haligi ng altar sa Exodo 24:4
   b. labindalawang hiys sa baluti ng punong saserdote (na tumitindig para sa mga angkan) sa Exodo 28:21
   c. labindalawang tinapay sa banal na lugar ng tabernakulo sa Levitico 24:5
   d. labindalawang espiya na ipinadala sa Canaan saBilang 13 (isang mula sa bawat angkan)
   e. labindalawang pamalo (mga pang-angkang pamantayan) sa paghihimagsik ni Korah sa Bilang 17:2
   f. labindalawang bato ni Josue sa Josue 4:3,9,20
   g. labindalawang distrito ng pamamahal sa pamumuno ni Solomon sa I Hari 4:7
   h. labindalawang mga bato sa altar ni Elias kay YHWH sa I Hari 18:31

C. sa NT
1. labindalawang mga apostol na pinili
2. labindalawang kaing ng tinapay (isang para sa bawat Apostol) sa Mateo 14:20
3. labindalawang trono na inuupuan ng mga disipulo sa NT (tumutukoy sa 12 angkan ng Israel) sa Mateo 19:28
4. labindalawang mga hukbo ng anghel na magliligtas kay Hesus sa Mateo 26:53
5. ang simbolismo sa Pahayag
   a. 24 mga matatanda sa 24 na mga trono sa 4:4
   b. 144,000 (12x12,000) sa 7:4; 14:1,3
   c. labindalawang bituin sa putong ng babae sa 12:1
   d. labindalawang pasukan, labindalawang anghel na nagpapakilala ng labindalawang angkan sa 21:12
   e. labindalawang sandigang bato ng bagong Herusalem at nasa kanila ang mga pangalan ng labindalawang mga Apostol sa 21:14
   f. labindalawang libong stadyum sa 21:16 (laki ng bagong lungsod, Bagong Herusalem)
   g. ang pader ay 144 na siko 21:17
   h. labindalawang pintuang perlas sa 21:21
   i. mga puno sa bagong Herusalem na may labindalawang uri ng prutas (isang sa bawat buwan) sa 22:2

**3:14** Mayroong isa pang parirala na idinagdag sa talatang ito ng sinaunang Griyegong ansialong mga kasulatan א, B, at may bahagyang pagbabago, sa C. Ang idinagdag na parirala ay "na kanyang ding tinawag na mga apostol" (tingnan ang tala-baba sa NRSV). Maraming tekstwal na kritiko ay nagpapalagay na ang karagdagan ito ay isang paglalagom mula sa Lucas 6:13.

▣ **"upang sila'y makisama sa kaniya"** Hesus ay matapat na kasangkol sa pagsasanay ng Labindalawa. Si Robert Coleman ay nag-akda ng dalawang nakatutulong na mga aklat sa mga pamamaraan ni Hesus: *The Master Plan of Evangelism* at *The Master Plan of Discipleship*, kapwa tumtalakay sa paglago ng sinaunang iglesiya na gumagamit ng katulad ng mga prinsipyo gaya ni Hesus.

▣ **"sila ay suguin niyang magsipangaral"** Pumarito si Hesus upang mangaral ng mabuting balita ng kaharian. Sinanay Niya ang Kaniyang mga alagad na tumulad: (1) ang Labindalawa (cf. 6:7-13; Mateo 10:1,9-14; Lucas 9:1-6) at (2) kinalaunan, pitumpong mga alagad (cf. Lucas 10:1-20).

**3:15 "mga demonyo"** Ito maaaring ay tumutukoy sa nalugmok na mga anghel, aktibo sa kapakanan ni Satanas. Gayunman, ang Bibliya ay tahimik sa pinagmulan ng demonyo. Ang awtoridad ni Hesus sa kanila ay nagtatatag ng Kaniyang kapangyarihan at pang-Mesias na misyon. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:24.

**3:16 "naghalal siya ng labingdalawa"** Ang Labindalawa ay binanggit sa NT apat na beses (cf. Mateo 10:2-4; Marcos 3:16-19; Lucas 6:14-16; at Mga Gawa 1:13 [katulad sa Mateo 10:2-4]). Ang tala ay palaging makikita sa apat na mga pangkat ng tatlong tao. Ang ayos ay kadalasang ay nababago sa loob ng mga pangkat (ngunit si Pedro ay palagaing nauuna at si Judas Iscariote ay palaging huli). Iyon ay maaari na ang mga pangkating ito ay nagpapakilala ng isang umiikot na paraan sa pagpahintulot sa mga lalaking ito na bumalik sa kanilang tahanan, paminsan-minsan upang tugunan ang kanilang pampamilyang tungkulin.

Iyon ay nakakagulat kung gaano kaliit ang ating nalalaman tungkol sa karamihan ng sinaunang mga Apostol. Ang mga sinaunang tradisyon sa iglesiya ang kadalasang nating lahat inaasahan.

## NATATANGING PAKSA: ANG TSART NG MGA PANGALAN NG APOSTOL (CHART OF APOSTLES' NAMES)

| | Mateo 10:2-4 | Marcos 3:16-19 | Lucas 6:14-16 | Mga Gawa 1:12-18 |
|---|---|---|---|---|
| **Unang Pangkat** | Simon (Pedro)<br>Andres (kapatid ni Pedro)<br>Santiago (anak ni Zebedeo)<br>Juan (kapatid ni Santiago) | Simon (Pedro)<br>Santiago (anak ni Zebedeo)<br>Juan (kapatid ni Santiago)<br>Andres | Simon (Pedro)<br>Andres (kapatid ni Pedro)<br>Santiago<br>Juan | Pedro<br>Juan<br>Santiago<br>Andres |
| **Ikalawang Pangkat** | Felipe<br>Bartolome<br>Tomas<br>Mateo (tagalikom ng buwis) | Felipe<br>Bartolome<br>Mateo<br>Tomas | Felipe<br>Bartolome<br>Mateo<br>Tomas | Felipe<br>Tomas<br>Bartolome<br>Mateo |
| **Ikatlong** | Santiago (anak ni Alpheo)<br>Tadeo<br>Simon (ang Cananeo)<br>Judas (Iscariote) | Santiago (anak ni Alpheo)<br>Tadeo<br>Simon (ang Cananeo)<br>Judas (Iscariote) | Santiago (anak ni Alpheo)<br>Simon (ang panatiko)<br>Judas (anak ni Santiago)<br>Judas (Iscariote) | Santiago (anak ni<br>Simon (ang panatiko)<br>Judas (anak ni Santiago) |

Mula sa mga tala sa Lucas 6:14

▣ **"si Simon, na Kaniya ring pinangalanang Pedro"** Mayroong tatlong iba pang pagkakatala ng labindalawang apostol. Si Pedro ang palaging una; si Hudas Iscariot ay palaging huli. Mayroong tatlong pangkat ng apat na nananatiling magkatulad, kahit na sa kaayusan ng mga pangalan sa loob ng pangkat na kadalasang binabaligtad (cf. Mateo 10:2-4; Marcos 3:16-19; Mga Gawa 1:13).

▣ **"Andres"** Ang Griyegong termino ay nangangahulugang "panlalaki." Mula sa Juan 1:29-42 malalaman nati na si Andres ay isang alagad ni Juan Bautista at kaniyang ipinakilala ang kaniyang kapatid, si Pedro, kay Hesus.

▣ **"Santiago"** Ito ay ang Hebreong pangalan ni "Jacob" (BDB 784), na nangangahulugang "manlalamang," (cf. Genesis 25:26). Mayroong dalawang lalaki na may pangalang Santiago sa tala ng Labindalawa. Ang isa ay kapatid ni Juan (cf. v. 17) at bahagi ng pangloob ng pangkat (i.e., Pedro, Santiago, at Juan). Ito ang kapatid ni Juan.

▣ **"Juan"** Ito ay kapatid ni Santiago at bahagi ng panloob na pangkat ng mga alagad. Sinulat niya ang limang aklat ng NT at nabuhay nang mas mahaba kaysa kaninumang Apostol.

▣ **"Felipe"** Ang Griyegong termino ay nangangahulugang "mahilig sa mga kabayo." Ang kaniyang panawagan ay ipinaliwanag sa Juan 1:43-51.

▣ **"Bartolome"** Ang termino ay nangangahulugang "anak ni Ptolemy." Siya ang maaaring Nathanael ng Ebanghelyo ni Juan (cf. Juan 1:45-49; 21:20).

▣ **"Mateo"** Ang Hebreong pangalan (mula sa *Mattithiah*, cf. Cronica 9:31; 15:18, 21; 16:5; 25:3, 21; Nehemias 8:4) ay nangangahulugang "kaloob ni YHWH." Ito ay tumutukoy kay Levi (cf. Marcos 2:13-17).

▣ **"Tomas"** Ang Hebreong termino ay nangangahulugang "kambal" o Didymus (cf. Juan 11:16; 20:24; 21:2).

▣ **"Santiago *ang anak* ni Alfeo"** Ito ay ang Hebreong pangalan ni "Jacob." Mayroong dalawang lalaki na may pangalang Santiago sa tala ng Labindalawa. Ang isa ay kapatid ni Juan (cf. v. 17) at bahagi ng pangloob ng pangkat (i.e., Pedro, Santiago, at Juan). Ang isa ay kilala bilang "Santiago ang maliit." (cf. Marcos 3:17)

▣ **"Simon na tinawag na Panatiko"** Ang Griyegong teksto ng Marcos ay may "Cananeo" (gayundin ang Mateo 10:4). Ang Marcos, na ang Ebanghelyo ay isinulat sa taga-Roma, ay hindi nagnanais na gamitin ang "maiinit" na salitang pampulika na "panatiko," na tumutukoy sa isang Hudyong gerilyang kilusan na kontra sa mga Romano. Sa Lucas, siya ay tinawag sa terminong ito (cf. Lucas 6:15 at Mga Gawa 1:13). Ang termino Cananeo ay maraming pinanggalingan.

1. sa lugar ng Galilea na kilala bilang Cana
2. mula sa gamit ng OT sa Cananeo bilang mangangalakal
3. mula sa isang pagkalahatang tawag bilang isang katutubo ng Canaan (tinawag ding Palestino)

Kung ang katawagan ni Lucas ay tama, ngayon, ang "panatiko" ay mula sa Aramaikong termino para sa "masigasig" (cf. Lucas 6:15; Mga Gawa 1:17). Ang labindalawang alagad na pinili ni Hesus ay mula sa maraming magkaiba at tunggaliang mga pangkat. Si simon ay isang kaanib ng isang makabayang pangkat na nagtataguyod ng marahas na paglupig sa Romanong awtoridad. Kadalasan, sina Simon at Levi (i.e., Mateo ang tagalikom ng buwis) ay hindi maaaring magkasama sa isang silid.

▣ **"Hudas *ang anak* ni Santiago"** Siya rin ay tinawag na "Lebbeo" (cf. Mateo 10:3) o "Judas" (cf. Juan 14:22). Kapwa Tadeo at Lebbeo ay nangangahulugang "mahal na anak."

▣ **"Hudas Iscariote"** Mayroong dalawang Simon, dalawang Santiago, at dalawang Judas. "Iscariote" ay may dalawang maaari pinanggalingan:

1. lalaki ng Kerioth (isang lungsod) sa Judah (cf. Josue 15:23, na nangangahulugang siya ang tanging Hudeano
2. pangalan ng kanyang ama (cf. Juan 6:71; 13:2, 26)
3. "lalaking may punyal" o mamamata-tao, na nangangahulugan ding isang panatiko, tulad ni Simon.

▣ **"si Simon ay kaniyang pinamagatang Pedro"** Karamihan ng mga Hudyo sa Galilea ay mayroong kapwa isang Hudyong pangalan (i.e., Simon o Symeon, na nangangahulugang "pagdinig") at isang Griyegong pangalan (na hindi ipinigay). Binigyan siya ni Hesus ng palaya na "bato." Sa Griyego, iyon ay *petros* at sa Aramaiko, iyon ay *cephas* (cf. Juan 1:42; Mateo 16:16).

Si Pedro ay saksi, ang apostol na pinagmulan ng Ebanghelyo ng Marcos. Tingnan ang Panimula para sa buong mga tala.

**3:17 "Boanerges. . .mga Anak ng kulog"** Isinalin ni Marcos ang Aramaikong pangalan para sa kaniyang mga Hentil na (maaaring Romano) mambabasa. Ang magkapatid (i.e., Santiago at Juan) ay tinaglay ang mga palayaw sa Lucas 9:54.

**3:18 "Andres"** Ang Griyegong termino ay nangangahulugang "panlalaki." Mula sa Juan 1:29-42 malalaman nati na si Andres ay isang alagad ni Juan Bautista at kaniyang ipinakilala ang kaniyang kapatid, si Pedro, kay Hesus.

▣ **"Felipe"** Ang Griyegong termino ay nangangahulugang "mahilig sa mga kabayo." Ang kaniyang panawagan ay ipinaliwanag sa Juan 1:43-51.

▣ **"Bartolome"** Ang termino ay nangangahulugang "anak ni Ptolemy." Siya ang maaaring Nathanael ng Ebanghelyo ni Juan (cf. Juan 1:45-49; 21:20).

▣ **"Mateo"** Ang Hebreong termino ay nangangahulugang "kaloob ni YHWH." Ito ay tumutukoy kay Levi (cf. 2:13-17).

▣ **"Tomas"** Ang Hebreong termino ay nangangahulugang "kambal" o Didymus (cf. Juan 11:16; 20:24; 21:2).

▣ **"Santiago"** Ito ay ang Hebreong pangalan ni "Jacob." Mayroong dalawang lalaki na may pangalang Santiago sa tala ng Labindalawa. Ang isa ay kapatid ni Juan (cf. v. 17) at bahagi ng pangloob ng pangkat (i.e., Pedro, Santiago, at Juan). Ang isa ay kilala bilang Santiago ang maliit.

▣ **"Tadeo"** Siya rin ay tinawag na "Lebbeo" (cf. Mateo 10:3) o "Judas" (cf. Juan 14:22). Kapwa Tadeo at Lebbeo ay nangangahulugang "mahal na anak."

▣

**NASB, NJB "Simon ang Cananeo"**
**NKJV "Simon ang taga-Canaan"**
**NRSV "Simon ang nasa Canaan"**
**TEV "Simon ang Panatiko"**

Ang Griyegong teksto ng Marcos ay may "Cananeo" (gayundin ang Mateo 10:4). Ang Marcos, na ang Ebanghelyo ay isinulat sa taga-Roma, ay hindi nagnanais na gamitin ang "maiinit" na salitang pampulika na "panatiko," na tumutukoy sa isang Hudyong gerilyang kilusan na kontra sa mga Romano. Sa Lucas, siya ay tinawag sa terminong ito (cf. Lucas 6:15 at Mga Gawa 1:13). Ang termino Cananeo ay maraming pinanggalingan.

4. sa lugar ng Galilea na kilala bilang Cana
5. mula sa gamit ng OT sa Cananeo bilang mangangalakal
6. mula sa isang pagkalahatang tawag bilang isang katutubo ng Canaan (tinawag ding Palestino)

Kung ang katawagan ni Lucas ay tama, ngayon, ang "panatiko" ay mula sa Aramaikong termino para sa "masigasig" (cf. Lucas 6:15; Mga Gawa 1:17). Ang labindalawang alagad na pinili ni Hesus ay mula sa maraming magkaiba at tunggaliang mga pangkat. Si simon ay isang kaanib ng isang makabayang pangkat na nagtataguyod ng marahas na paglupig sa Romanong awtoridad. Kadalasan, sina Simon at Levi (i.e., Mateo ang tagalikom ng buwis) ay hindi maaaring magkasama sa isang silid.

**3:19 "Judas Iscariote"** Mayroong dalawang Simon, dalawang Santiago, at dalawang Judas. "Iscariote" ay may dalawang maaari pinanggalingan: (1) lalaki ng Kerioth sa Judah (cf. Josue 15:23) o (2) "lalaking may punyal" o mamamata-tao, na nangangahulugan ding isang panatiko, tulad ni Simon.

▣ **"na nagkanulo sa Kaniya"** Ang pandiwang ito ay kinulayan sa paglalarawan sa Ebanghelyo ni Juan kay Judas (cf. Juan 6:71; 12:4; 13:2,26-27; 18:2-5). Sa orihinal, iyon sa karaniwan ay nangahulugang "ilipat sa mga awtoridad" (cf. Marcos 1:14). Ang pikolohiko at/o teolohikong pag-uudyok sa pagkakanulo kay Hesus ay isang hiwaga.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 3:20-27

**[20]At muling nagkatipon ang karamihan, ano pa't sila ay hindi man lamang makakain ng tinapay. [21]At nang**

**mabalitaan yaon ng kaniyang mga kaibigan, ay nagsilabas sila upang siya ay hulihin: sapagkat kanilang sinabi, Sira ang kaniyang bait. [22]At sinabi ng mga eskriba na nagsibaba mula sa Herusalem, Nasa kaniya si Beelzebub, at, Sa pamamagitan ng prinsipe ng mga demonyo ay nagpapalabas siya ng mga demonyo. [23]At sila ay kaniyang pinalapit sa kaniya, at sinabi sa kanila sa mga talinghaga, Paanong mapalalabas ni Satanas si Satanas? [24]At kung ang isang kaharian ay magkabahabahagi laban sa kaniyang sarili, hindi mangyayaring makapanatili ang kaharian yaon. [25]At kung ang isang bahay ay magkabahabahagi laban sa kaniyang sarili, ay hindi mangyayaring makapanatili ang bahay na yaon. [26]At kung manghihimagsik si Satanas laban sa kaniyang sarili, at magkabahabahagi, hindi siya makapanananatili, kundi magkakaroon ng isang wakas. [27]Datapuwa't walang makapapasok sa bahay ng malakas na tao, at samsamin ang kaniyang mga pag-aari, malibang gapusin muna niya ang malakas na tao; at kung magkagayo'y masasamsaman ang kaniyang bahay.**

**3:20 "at muling nagkatipon"** Ito ay tumutukoy sa mismo bahay sa 2:1 at maaaring 7:17; 9:38.

▣ **"ang karamihan"** Ito ang bunga ng pagpapagaling at pagpapalayang ministeryo ni Hesus (cf. 1:45; 2:2,13; 3:7,20).

▣ **"ano pa't sila ay hindi man lamang makakain ng tinapay"** Ito ang lubhang nagpaalala sa Kaniyang pamilya. Si Hesus ay palaging mayroong panahon para sa mga nangangailangang tao. Ibinigay Niya ang Kaniyang sarili sa kanila.

**3:21**
**NASB, NKJV "Kaniyang mga kaibigan"**
**NRSV, TEV "kaniyang pamilya"**
**NJB "kaniyang mahal sa buhay"**

Sa literal, ito ay "sila nagmula sa kabilang panig." Ang KJV ay may "mga kaibigan," ngunit ito ay tila Kaniyang ina at mga kapatid.

▣
**NASB "upang siya ay hulihin"**
**NKJV "upang arestuhin siya"**
**NRSV "upang pigilan siya"**
**TEV, NJB "upang isakdal siya"**

Ito ay isang malakas na PANDIWA sa Mateo (cf. 14:3; 18:28), ngunit kadalasang hindi marahas sa Marcos. Iyon ay kadalasang ay tumutukoy sa pagtulong sa mga may sakit tumayong hamak niya sa kanyang kamay ang mga tao. Ang Kaniyang pamilya ay sinubukan Siya iuwi nang may pwersa dahil iniisip nila sa siya ay kumikilos nang walang katuwiran (cf. vv. 31-35).

▣
**NASB "Sira ang kaniyang bait"**
**NKJV, NJB "Siya ay nawala sa kaniyang isip"**
**NRSV "Nawalan siya nang matinong isip"**
**TEV "Siya ay nabaliw"**

Ang Griyegong teksto ay hindi tiyak kung sino ang gumawa ng kapahayagan. Iyon ba ay pamilya (i.e., NASB, NKJV, NJB, NIV) o anumang bagay na narinig ng pamilya sa iba (i.e., NRSV, TEV)?

Ang termino sa kontekstong ito ay nangangahulugang "ihiwalag mula sa kaayusan ng pag-iisip" (cf. II taga-Corinto 5:13). Iyon ay ay kadalasang ginamit sa Marcos para sa taong "namamangha" (cf. 2:12; 5:42).

Ito ay nagpapakita na bagaman si Hesus ay kilala sa mga karamihan ng tao, Siya ay hindi maunawaan ng (1) Kaniyang sariling mga alagad; (2) ang mga pang-relihiyong pinuno; (3) Kaniyang sariling pamilya; at (4) ang mga karamihan ng tao mismo.

**3:22 "Ang mga eskriba na nagsibaba mula sa Herusalem"** Ito ay maaaring tumutukoy sa kanilang binanggit sa 2:6,16, na tila isang opisyal na kinatawan mula sa Sanhedrin na ipinadala upang mangalap ng impormasyon sa mga katuruan at mga gawa ni Hesus.

▣ **"Nasa kaniya"** Ito ay nangahulugang siya ay sinasiba ng isang demonyo at nanggaling ang Kaniyang kapangyarihan mula kay Satanas (cf. Mateo 9:34; Juan 7:20; 8:48-52; 10:20). Katulad na bagay ang sinabi kay Juan Bautista (cf. Mateo 11:18). Hindi nila maitatanggi ang mga himala ni Hesus kaya kanilang tinutuligsa ang pinagmulan ng Kaniyang kapangyarihan at awtoridad.

▣ **"Beelzebub"** Ang pangngalang ito na walang deklensyon ay binaybay na Beelzebub sa KJV, ngunit Beelzebul sa pinakamakabagong mga salin. Ang "beel" ay nagpapakilala ng Semitikong salita *ba'al*, na nangangahulugang

"panginoon," "may-ari," "punong-guro," o "asawang lalaki." Iyon ay ang pangalan para sa pagpapayabong na diyos ng bagyo ng Canaan.

Ang "zebul" ay maaaring mangahulugang (1) taas (i.e., bundok o langit); (2) prinsipe (i.e., Zabul); o (3) dumi. Ang mga Hudyo ay kadalasang binababago ang mga titik ng mga dayuhang diyus-diyosan to anyo isang mapanirang patudyo.

Kung iyon ay "zebub" iyon ay tumutukoy sa

1. ang baal ng Ekron (cf. II Mga Hari 1:2,3,6)
2. isang diyos ng mga Filistino, Zebaba
3. isang Aramaikong paglalaro ng salita o patudyo sa "panginoon ng poot" (i.e., *be'el debaba*)
4. "panginoon ng mga langaw" (Aramaikong "langaw" *dibaba*)

Ang baybay na ito, *Beelzebub*, ay di-kilala sa rabinikal na Judaismo.

Para sa karagdagang impormasyon sa mga pangalan para sa personal na kasamaan, tingnan ang *The New International Dictionary of New Testament Theology*, tomo 3, pp. 468-473.

▣ **"prinsipe ng mga demonyo"** Ang pangalang Beelzebul ay hindi karaniwang pangalan para kay Satanas sa Judaismo. Ginagamit iyon ni Hesus bilang magkasingkahulugan ni Satanas sa v. 23.

**3:23-26** Ipinapakita ni Hesus ang panglohikong kamangmangan sa pagpapalagay sa Kaniyang kapangyarihan sa demonyo kay Satanas. Maliwanag na ang isang pinuno laban sa kaniyang mga alipin ay isang kapamahakan!

**3:23 "sila'y kaniyang pinalapit sa kaniya"** Ito ay para makita nila (i.e., ang mga eskriba ng v. 22) na nababasa Niya ang kanilang isipan (tingnan ang tala sa 2:6b). Iyon din ang nagbigay sa kanila ng isa pang pagkakataon na maliwanag na maintindihan ang Kaniyang mensahe.

▣ **"mga talinghaga"** Ang literal na kahulugan ng terminong ito (*parabolē*, ginamit ng 13 na beses sa Marcos) ay "itapon sa gilid." Isang karaniwang pangyayari ng buhay ay ginamit upang ilarawan ang espiritwal na katotohanan.

**3:24 "kung"** Ito ay isang PANGATLONG URING MAY PASUBALI NA PANGUNGUSAP na ang kahulugan ay maaaring pagkilos.

**3:27 "malibang gapusin muna niya ang malakas na tao"** Ito ay isang nakatabing na pang-Mesias na sanggunian sa Isaias 49:24-25. Iyon rin ay nagpapakita ng pagtanto ni Hesus na Siya ay mas malakas kaysa kay Satanas.

Ang gawa ng pagpapalayas ng demonyo ay karaniwang sa Judaismo (cf. 9:38; Mga Gawa 19:14). Ang hindi karaniwan ay ang kapangyarihan at awtoridad ginanap ni Hesus laban sa mga mahimalang gayuma at pormula na ginamit ng mga rabbi. Maliwanag na ipinakita ni Hesus na sa Kaniyang pagparito, si Satanas ay natalo na! Si Augustion ay sinisipi ang Marcos 3:24 bilang katibayan na ang ipinangakong millennium ay nandito na sa kasalukuyan (i.e., amillennialismo).

Ang talatang ito ay ay kadalasang ginamit ngayon bilang isang patunay-na-teksto para sa "paggapos" kay Satanas mula sa mga Kristiyanong pagpupulong. Ang tekstong ito ay hindi makakaganap bilang isang pamamarisan para sa mga Kristiyanong nananalangin laban kay Satanas. Ang mga mananampalataya ay hindi kailanman inuutusang makipag-usap kay Satanas. Ang talatang ito ay ginawang isang mapamahiing mantra na lubusang hindi katangian ng NT.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 3:28-30

**[28]Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ipatatawad ang lahat ng kanilang mga kasalanan sa mga anak ng mga tao, at ang mga kapusungan nila kailan ma't sila ay mangagsasalita ng kapusungan: [29]Datapuwa't sinomang magsalita ng kapusungan laban sa Banal na Espiritu ay walang kapatawaran magpakailan man, kundi may kasalanan ng isang kasalanang walang hanggan: [30]Sapagkat sinabi nila, Siya'y may isang karumaldumal na espiritu.**

**3:28 "Katotohanan"** Ito sa literal ay "amen." Ang paunang paggamit ni Hesus ng "katotohanan" ay natatangi. Iyon kadalasang nanggagaling sa isang mahalagang kapahayagan.

## NATATANGING PAKSA: AMEN

I. LUMANG TIPAN
   A. Ang salitang "Amen" ay galing sa salitang Hebreo para sa
      1. "katotohanan" (*emeth*, BDB 49)
      2. "puno ng katotohanan" (*emun*, *emunah*, BDB 53)
      3. "pananampalataya" o "puno ng pananampalataya"
      4. "pagtitiwala" (*dmn*, BDB 52)
   B. Ang etimolohiya ay galing sa tindig ng taong matibay. Ang kabaliktaran nito ay ang isang hindi matibay, dumudulas (cf. Awit 40:2; 73:18; Jeremias 23:12) o kakatisuran (cf. Awit 73:2). Mula sa literal na pagkagamit nabuo ang salitang metaporikal sa puno ng pananampalataya, pagtitiwala, katapatan, at maaasahan (cf. Genesis 15:6; Habakuk 2:4).

C. Mga natatanging paggamit (tingnan ang Natatanging Paksa: Manampalataya, Magtiwala, Pananampalataya at Katapatan sa OT
   1. Isang haligi, II Hari 18:16 (I Timoteo 3:15)
   2. katiyakan, Exodo 17:12
   3. maaasahan, Exodo 17:12
   4. katatagan, Isaias 33:6; 34:5-7
   5. katotohanan, I Hari 10:6; 17:24; 22:16; Kawikaan 12:22
   6. matatag, II Chronika 20:20; Isaias 7:9
   7. maaasahan (Torah), Mga Awit 119:43,142,151,168

D. Sa OT dalawa iba pang salitang Hebreo ay ginamit para sa aktibong pananampalataya.
   1. *bathach* (BDB 105), pagtitiwala
   2. *yra* (BDB 431), takot, paggalang, pagsamba (cf. Genesis 22:12)

E. Mula sa pagkakagamit ng tiwala o katiwa-tiwala ay nabuo ang isang pagkakagamit na *liturgical* upang tindigan ang katotohanan at pagtitiwala ng pahayag ng iba (cf. Deuteronomio 27:15-26; Nehemiah 8:6; Mga Awit 41:13; 72:19; 89:52; 106:48; Jeremias 11:5; 28:6).

F. Ang susing teolohiko sa salitang ito ay hindi sa katapatan ng tao kundi ni YHWH (cf. Exodo 34:6; Deuteronomio 32:4; Awit 108:4;115:1; 117:2; 138:2). Ang tanging pag-asa ng sangkatauhang mapapahamak ay ang mahabagin, mapagkakatiwalaan,mapagkasundong katapatan ni YHWH at Kanyang mga pangako. Sa kanilang nakakakilala kay YHWH ay magiging katulad niya (cf. Habakuk 2:4). Ang Bibliya ay isang kasaysayan at isang tala ng Diyos na ipinapanumbalik ang kanyang larawan (cf. Genesis 1:26-27) sa sangkatauhan. Ang kaligtasan ay pinapanumbalik ang kakayahan ng taong magkaroon nang malapit na pakikipag-ugnayan sa Diyos. Ito ang dahilan kaya tayo nilikha.

II. BAGONG TIPAN

A. Ang gamit ng salitang "amen" bilang isang paghuling *liturgical* na pagtindig sa katapatan ng isang pahayag ay karaniwan sa NT (cf. I taga-Corinto 14:16; II taga-Corinto 1:20; Pahayag 1:7; 5:14; 7:12).

B. Ang gamit ng salitang ito bilang pagtapos ng panalangin ay karaniwan sa NT (cf. taga-Roma 1:25; 9:5; 11:36; 16:27; taga-Galacia 1:5; 6:18; taga-Efeso3:21; taga-Filipos 4:20; II taga-Thesalonica 3:18; I Timoteo 1:17; 6:16; II Timoteo 4:18).

C. Si Hesus lamang ang gumamit nito (madalas na dalawahan sa Juan) upang pasimulan ang mga mahalagang pangungusap (cf. Lucas 4:24; 12:37; 18:17,29; 21:32; 23:43)

D. Ito ay ginamit na isang pantawag kay Hesus sa Pahayag 3:14 (marahil isang pantawag kay YHWH sa Isaias 65:16).

E. Ang kaisipang puno ng pananampalataaya o pananampalataya, pagtitiwala, o tiwala ay inihayag sa Griyegong salitang *pistos* o *pistis*, na naisalin sa Ingles bilang "tiwala," "pananampalataya," "paniniwala." (tingnan ang Natatanging Paksa: Pananampalataya, Manampalataya o Magtiwala).

▣ **"Ipatatawad ang lahat ng kanilang mga kasalanan sa mga anak ng mga tao, at ang mga kapusungan nila kailan ma't sila'y mangagsasalita ng kapusungan"** Ipinapakita nito ang saklaw ng biyaya ng Diyos kay Kristo. Ang pariralang "ang mga anak ng tao" ay ang karaniwang Semitikong wikain na tumutukoy mga taong nilalang (cf. Mga Awit 8:4; Ezekiel 2:1).

**3:29 "Datapuwa't sinomang magsalita ng kapusungan laban sa Banal na Espiritu"** Ito ay dapat maunawaan sa kalalagayang bago mag-Pentecost. Iyon ay ginamit sa kaunawaan ng pagtanggit sa katotohanan ng Diyos. Ang katuruan ng talatang ito ay may karaniwang tinatawag na "ang hindi mapapatawad na kasalanan." Iyon ay dapat maipaliwanag sa liwanag ng sumusunod na saligan:

1. ang pagkakaiba sa OT sa pagitan "sinasadya" at "di-sinasadyang kasalanan," (cf. Bilang 15:27-31)
2. ang kawalang pananampalataya ng sariling pamilya ni Hesus ay pinag-iiba sa kawalang-pananampalataya ng mga Fariseo sa kontekstong ito
3. ang mga kapahayagan ng pagpapatawad sa v. 28
4. ang mga pagkakaiba sa pagitan ang mga kaagapay na Ebanghelyo, lalo na sa pagbabago mula sa "anak ng tao," (cf. Mateo 12:32; Lucas 12:10) patungo sa "mga anak ng tao," (cf. Mateo 12:31; Marcos 3:28).

Sa liwanag ng nasa taas, ang kasalanang ito ay naisakatuparan nila na, sa presensiya ng dakilang liwanag at kaunawaan, ay patuloy na tinanggi si Hesus bilang kaparaanan ng Diyos sa kapahayagan at kaligtasan. Kanilang binago ang liwanag ng ang ebanghelyo sa kadiliman ni Satanas (cf. v. 30). Itinanggi nila ang paghimok at panghihikayat ng Espiritu (cf. Juan 6:44,65). Ang hindi mapapatawad na kasalanan ay hindi isang pagtanggi sa Diyos dahil sa ilang pagkilos o salita, ngunit ang paulit-ulit, nagpapatuloy na pagtanggi sa Diyos kay Kristo sa pamamagitan ng kusan kawalang pananampalataya (i.e., ang mga eskriba at mga Fariseo).

Ang kasalanang ito ay maaari lang magawa nilang napahayagan ng ebanghelyo. Silang nakapakinig ng mensahe tungkol kay Hesus ang maliwanag na may pinakapananagutan para sa kanilang pagtanggi. Ito ay lalong totoo sa mga makabagong kultura na may nagpapatuloy na paglapit sa ebanghelyo, ngunit itinatanggi siHesus (i.e., Amerika, kanlurang kultura).

Para sa Banal na Espiritu bilang ang ikatlong persona ng Trinidad tingnan ang Natatanging Paksa na susunod.

**NATATANGING PAKSA: ANG PERSONA NG BANAL NA ESPIRITU (THE PERSONHOOD OF THE HOLY SPIRIT)**

Sa OT "ang Espiritu ng Diyos" (i.e., *ruach*) ay isang pwersa na tinutupad ang layunin ni YHWH, ngunit walang pahiwatig na ito ay personal (i.e., OT *monoteismo*). Subalit, sa NT ang buong sariling katangian at persona ng Espiritu ay naihayag:

1. Siya ay maaaring pamumusungin (cf. Mateo 12:31; Marcos 3:29)
2. Siya ay nagtuturo (cf. Lucas 12:12; Juan 14:26)
3. Siya ay nagpapatotoo (cf. Juan 15:26)
4. Siya ay nanunumbat, naggagabay (cf. Juan 16:7-15)
5. Siya ay tinawag na "sino" (i.e., *hos*) (cf. taga-Efeso 1:14)
6. Siya ay maaaring pamamanglawin (cf. taga-Efeso 4:30)
7. Siya ay maaaring di-pagningasin (cf. I taga-Thesalonica 5:19)
8. Siya ay maaaring tanggihan (cf. Mga Gawa 7:51)
9. Siya ay nagtataguyod para sa mga mananampalataya (cf. Juan 14:26; 15:26; 16:7)
10. Niluluwalhati niya ang Anak (cf. Juan 16:14)

Ang mga teksto ng Trinidad (dito ay tatlo ng marami pa; tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Trinidad) ay nagpapahayag din ng tatlong persona.

1. Mateo 28:19
2. II taga-Corinto 13:14
3. I Pedro 1:2

Bagaman ang Griyego ng salitang "espiritu" (*pneuma*) ay walang kasarian, kapag tumutukoy sa Espiritu, ang NT ay kadalasang gumagamit ng PANLALAKING PANG-URI NA PAMATLIG (cf. Juan 16:8, 13-4)

Ang Espiritu ay inuugnay sa mga gawain ng mga tao.

1. Mga Gawa 15:28
2. taga-Roma 8:26
3. I taga-Corinto 12:11
4. taga-Efeso 4:30

Sa pinaka panimula ng Gawa, binibigyan-diin ang gawain ng Espiritu. Ang Pentecost ay hindi ang pagsisimula ng gawain ng Espiritu, ngunito ayang bagong kabanata. Palaging na kay Hesus ang Espiritu. Ang Kanyang bautismo ay hindi ang pagsisimula ng gawain ng Espiritu, ngunito ayang kabanata. Si Lucas ay inihanda ang iglesiya para sa isang bagong kabanata para mabisang gawain. Patuloy na si Hesus pinagtutuunan, Patuloy na ang Espiritu ang mabisang paraan at sa Ama, ang pag-ibig, kapatawarn at pagpapanumbalik ng lahat ng tao na linikha sa kanyang wangis ang layunin (tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hangang Plano ng Katubusan ni YHWH)!

▣ **"walang kapatawaran magpakailan man"** Ang kapahayagang ito ay kailangang maipaliwanag sa liwanag ng v. 28.

▣ **"kundi may kasalanan ng isang kasalanang walang hanggan"** Ito ay isang sinasadyang pagtanggi sa ebanghelyo (i.e., ang persona at mga gawa ni Hesus) sa presensiya ng dakilang liwanag!

Mayroong maraming pagkakaibang nauugnay sa pariralang "isang walang hanggang kasalanan." Ang ilang sinaunang Griyegong mga kasulatan ay

1. binago iyon sa isang DYENITIBO na parirala (i.e., *hamartias*) – C*, D, W
2. idinagdag ang "kahatulan" (i.e., *kriseōs*) – A at $C^2$ (cf. KJV)
3. idinagdag ang "pagdurusa" (i.e., *kolaseōs*), minuskula 1234

Iyon ay nakakagulat sa mga sinaunang eskriba na pag-usapan ang tungkol sa isang "walang hanggang kasalanan." Ang UBS[4] ay nagbibigay sa "isang walang hanggang kasalanan" ng isang B na antas (halos tiyak).

**NATATANGING PAKSA: WALANG HANGGAN (*aiōnios*) (ETERNAL (*aiōnios*))**

Si Robert B. Girdlestone, sa kanyang aklat na *Synonyms of the Old Testament*, ay may nakakawiling puna sa salitang "walang hanggan":

"Ang pang-uring *aiōnios* ay ginamit ng higit sa apatnapung beses sa N.T. na may kinalaman sa buhay na walang-hanggan, na bahaging tinitignan bilang isang pangkasalukuyang kaloob, sa isang bahagi bilang isang pangako para sa hinaharap. Ito rin ay inalalagay sa walang-hanggang pag-iiral ng Diyos sa taga-Roma 16.26; hanggang sa walang hanggan bisa ng pagbabayad puri ni Kristo sa Hebreo 9.12, 13.20; at sa nakalipas na mga panahon sa taga-Roma 16.25, 2 Timoteo 1,9, Tito 1.2.

Ang salitang ito ay ginamit na pantukoy sa walang hanggang apoy, Mateo 18.8,25. 41, Jude 7; walang hanggang

kaparusahan, Mateo 25.46; walang hanggang paghahatol o kondemnasyon, Marcos 3.29, Hebreo 6.2; walang hanggang pagkawasak, 2 taga-Thesalonica 1.9. Ang salita sa mga siping ito ay nagpapahiwatig ng kawakasan, at tila nagpapakita na kapag ang mga paghuhusga na ito ay ipaparusa, ang oras ng probasyon, pagbabago, o ang pagkakataon ng pagbawi ng kayamanan ng isa, ay tuluyan ng mawawala magpakailanman. Nauunawaan nating napakakaunti ang patungkol sa hinaharap, patungkol sa relastion ng buhay ng tao sa lahat ng pag-iiral, at patungkol sa moral na kabigatan ng kawalang pananampalataya, kung titignan sa liwanag ng magsawalang hanggan. Kung, sa kabilang dako, na isang kamalian ang magdagdad sa salita ng Diyos, sa kabila naman dapat hindi tayo mag-babawas sa mga ito; at kung tayo ay susuray sa ilalim ng doktrina ng walang hanggang kaparusahan na gaya ng itinatakda ng Kasulatan, tayo ay dapat na makuntento na maghintay, kumakapit sa Ebanghelyo ng pag-ibig ng Diyos kay Kristo, habang kinikilala na mayroong isang madilim na kaligiran na hindi natin mauunawan" (pp. 318-319).

## NATATANGING PAKSA: EXEGETIKAL NA PAMAMARAAN PARA SA PAGBIBIGAY PAKAHULUGAN SA "ANG WALANG KAPATAWARANG KASALANAN" (EXEGETICAL PROCEDURES FOR INTERPRETING "THE UNPARDONABLE SIN")

A. Tandaan na ang mga Ebanghelyo ay nagpapakita ng pang-Hudyong tagpuan
   1. Dalawang uri ng mga kasalanan (tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Hindi Sinasadyang Kasalanan [OT], cf. Levitico 4:2,22,27; 5:15,17-19; Bilang 15:27-31; Deuteronomio 1:43; 17:12-13)
      a. di-sinasadya
      b. sinasadya
   2. Makahudyong tagpuan bago sumapit ang Pentecost (i.e., ang katuparan ng Ebanghelyo [i.e., kamatayan, muling pagkabuhay, at pag-akyat sa langint] at ang natatanging kaloob ng Espiritu na hindi pa nangyayari)

B. Pansinin ang literaturang konteksto ng Marcos 3:22-30
   1. Ang hindi paniniwala ng mismong pamilya ni Hesus (cf. Marcos 3:31-32)
   2. Ang hindi paniniwala ng mga Fariseo (cf. Marcos 2:24; 3:1,6,22)

C. Ikumpara ang mga kahanay na kung saan ang titulo na "Anak ng Tao" ay nagbago patungo sa " mga anak ng tao"
   1. Mateo 12:22-37 (i.e., 12:32, "isang salita na laban sa Anak ng Tao")
   2. Lucas 11:14-26; 12:8-12 (i.e., 12:10, "isang salita na laban sa Anak ng Tao")
   3. Marcos 3:28 (i.e., "Ang lahat ng mga kasalanan ay mapapatawad sa mga anak ng tao")

Ang kasalanang walang kapatawaran ay ang nagpapatuloy na pagtanggi kay Hesus sa harapan ng dakilang liwanag. Ang mga Fariseo ay maliwanag na nauunawaan ngunit tumangging manampalataya. Sa kaunawaang ito, ito ay nauugnay sa "kasalanang patungo sa kamatayan" sa 1 Juan (tingnan ang Natatanging Paksa: Kasalanang patungo sa Kamatayan)

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 3:31-35

**31 At dumating nga ang kaniyang ina at ang kaniyang mga kapatid; at, palibhasa'y nangakatayo sila sa labas, ay nangagpasugo sila sa kaniya, na siya ay tinatawag. 32 At nangakaupo ang isang karamihan sa palibot niya; at sinabi nila sa kaniya, Narito, nangasa labas ang iyong ina at ang iyong mga kapatid na hinahanap ka. 33 At sinagot niya sila, at sinabi, Sino ang aking ina at aking mga kapatid? 34 At paglingap niya sa nangakaupo sa palibot niya, ay sinabi niya, Narito, ang aking ina at aking mga kapatid! 35 Sapagkat sinomang gumaganap ng kalooban ng Diyos, ito'y ang aking kapatid na lalake, at aking kapatid na babae, at ina.**

**3:31-35** Ang mga talata ay nauugnay sa v. 21. Mayroong isang malinaw na pagkakaiba sa pagitan ang mangmang, ngunit mahabaging, kawalang pananampalataya ng pamily ni Hesus (cf. Juan 7:5) at ang sinasadya, kaaway na kawalang pananampalatay ng mga pang-relihiyong pinuno. Si Hesus ay tiyakang ipinapahayag na ang kalooban ng Diyos ay ang pananampalataya sa Kaniya (cf. Juan 6:40; 14:6).

**3:33 "'Sino ang aking ina at aking mga kapatid'"** Ang nakakagulat na tanong na ito ay nagpapakita ng sariling pagkaunawa ni Hesus at ang radikal na kalikasan ng biblikal na na pananampalataya ay mailalarawan lamang sa mga termino ng isang bagong kapanganakan, isang bagong pamilya. Ang buhay pamilya ay napakahalagang aspeto ng Hudyong buhay na ang paggamit sa mga pampamilyang termino para sa kasamang mananampalataya ay napakahalaga. Ang mga mananampalataya ay nakikipag-ugnaya sa Diyos bilang miyembro ng pamilya ; Ang Diyos ay Ama, Hesus ay natatanging Anak at Tagapagligtas, ngunit tayo, gayundin, ay mga anak ng Diyos.

**3:35 "'Sapagkat sinomang gumaganap ng kalooban ng Dios'"** Ang pananampalataya kay Kristo ay kalooban ng Diyos para sa lahat ng mga tao (cf. Juan 1:12; 3:16; 6:40; 14:6; I Juan 5:12,13). Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Kalooban ng Diyos sa I Pedro 2:15. Pansinin ang napapabilang, pangkalahatang paanyaya na tumugon sa

pananampalataya kay Hesus at sa Kaniyang mensahe.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit ay ang kalagayan sa Lucas ay magkaiba sa Marcos? (vv. 22-30)
   Ang ang idinagdag ng tala ni Mateo kay Marcos?
2. Bakit ang mga pang-relihiyong pinuno ay gumagaba ng ganitong paratang laban kay Hesus sa kapanatang ito? Mas may nalalaban ba sila?
3. Bakit sinubukan ni Hesus na mangatuwiran sa kanila?
4. Ano ang "hindi mapapatawad na kasalanan?"
5. Sa anong konteksto magagawa ngayon ang hindi mapapatawad na kasalanan? Malalaman ba ng isa kung siya ay nakagawa niyon?
6. Ang talatang ito sa hindi mapapatawad na kasalanan ay nauugnay sa I Juan 5:16 o Hebreo 6 at 10?
7. Paano nauugnay ang kasalanan sa kaligtasan? Paano ito nauugnay sa kawalang pananampalataya ng pamily ni Hesus?
8. Ang pamumusong ba laban kay Hesus ay napapatawad ngunit hindi laban sa Banal na Espiritu? Ano ang pagkakaiba (ihambing ang Mateo 12:31-32 to Lucas 12:10 at Marcos 3:28)?

# MARCOS 4

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Parabula ng Manghahasik 4:1-9 | Parabula ng Manghahasik 4:1-9 | Pagtuturo ng mga Parabula 4:1-9 | Parabula ng Manghahasik 4:1-2 | Parabula ng Manghahasik 4:1-9 |
| | | | 4:3-8 | |
| | | | 4:9 | |
| Ang Layunin ng mga Parabula | Ang Layunin ng mga Parabula | | Ang Layunin ng mga Parabula | Bakit Nagsasalita si Hesus mga Parabula |
| 4:10-12 | 4:10-12 | 4:10-12 | 4:10-12 | 4:10-12 |
| Parabula ng Manghahasik ay Ipinaliwanag | Parabula ng Manghahasik ay Ipinaliwanag | | Ipinaliwanag ni Hesus ang Parabula ng Manghahasik | Parabula ng Manghahasik ay Ipinaliwanag |
| 4:13-20 | 4:13-20 | 4:13-20 | 4:13-20 | 4:13-20 |
| Liwanag sa Ilalim ng Isang Palumpong | Liwanag sa Ilalim ng Isang Basket | | Lampara sa Ilalim ng Isang Mangkok | Pagtanggap at Pagtangan ng Katuruan ni Hesus |
| 4:21-23 | 4:21-25 | 4:21-25 | 4:21-23 | 4:21-23 |
| | | | | Parabula ng ang Measure |
| 4:24-25 | | | 4:24-25 | 4:24-25 |
| Parabula ng Lumalagong Binhi | Parabula ng Lumalagong Binhi | Ang Binhing Lumalago ng Lihim | Parabula ng Lumalagong Binhi | Parabula ng Binhing Lumalago sa Kaniyang Sarili |
| 4:26-29 | 4:26-29 | 4:26-29 | 4:26-29 | 4:26-29 |
| Ang Parabula ng Binhi ng Mustasa | Ang Parabula ng Binhi ng Mustasa | Ang Binhi ng Mustasa | Ang Parabula ng Binhi ng Mustasa | Parabula ng Binhi ng Mustasa |
| 4:30-32 | 4:30-32 | 4:30-32 | 4:30-32 | 4:30-32 |
| Ang Paggamit ng mga Parabula | Paggamit ni Hesus ng Parabula | | | Ang Paggamit ng mga Parabula |
| 4:33-34 | 4:33-34 | 4:33-34 | 4:33-34 | 4:33-34 |
| Ang Pagpapayapa ng Unos | Sumusunod ang Hangin at Alon | Pumayapa ng Hangin at Alon | Pinayapa ni Hesus ang Unos | Ang Pagpapayapa ng Unos |
| 4:35-41 | 4:35-41 | 4:35-41 | 4:35-38 | 4:35-41 |
| | | | 4:39-40 | |
| | | | 4:41 | |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng pagpapaliwanag. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata
2. Pangalawang talata
3. Pangatlong talata
4. Atbp.

## MGA KAUNAWAANG KONTEKSTWAL

A. Ang susunod na maraming mga kabanata sa Marcos ay nagpapakilala ng lumalaking pagsalungat ng mga pang-relihiyong pinuno. Pinag-iba ng Marcos ang katanyagan ni Hesus sa mga karamihan ng tao sa pagkayamot ng pang-relihiyong pamumuno sa kaniya.

B. Si Hesus ay lumipat mula sa sinagogang pangangaral hanggang sa mga bukas na pagpupulong. Ito ay isang paraan ng pagbabawas ng impluwensiya ng pang-relihiyong pamumuno at pagpapatingkad ng pagkakataon sa pangkalahatang populasyon na makapakinig sa Kaniyang mga salita.

C. Ang kaunawaan sa mga talinghaga sa nakalipas at kasalukuyan ay nauugnay sa isang paunang pananampalatayang pangako. Kahit na ang mga Apostol ay hindi naunawaan sa umpisa ang mga parabolikong katuruan ni Hesus. Sa ilang pagkakataon ang pagkakaunawa ay nakabatay sa
   1. eleksyon o pagpili
   2. ang nagliliwanag na kapangyarihan ng Espiritu
   3. isang pagpayag na magsisi at manampalataya

   Ang kaunawaan ay umiikot sa isang maka-Diyos na pagpapalakas at isang pangtaong pagtugon sa pananampalataya!

D. Ang "Parabula" ay isang tambalang salita sa Griyego na nangangahulugang "itapon sa tabi o gilid." Ang mga karaniwang pangyayari ay ginagamit upang ilarawan ang mga espiritwal na katotohanan. Gayunman iyon ay kailangang maalala na sa mga manunulat ng Ebanghelyo, ang Griyegong salita ay nagpapakilala ng Hebreong *mashal* (BDB 605), na anangahulugang "palaisipan" o "kawikaan," isang salita ng karunungan. Ang isa ay dapat na pumayag na isiping muli ang mga isyu at ang mga inaasahang kalalabasan sa liwanag ng nakakagulat na kalikasan ng kaharian ng Diyos na ngayon ay nasa kay Hesus. Para sa ilang mga tagapakinig, ang mga talinghaga ay tinatago ang katotohanan (cf. 4:10-12).

E. Ang mga talinghaga sa Marcos 4 ay may mga kaagapay sa Mateo at Lucas

| **Marcos** | **Mateo** | **Lucas** |
|---|---|---|
| Ang Apat na Lupa 4:3-20 | 13:3-23 | 8:5-15 |
| Ang Liwanag na Nakatago 4:21-25 | | 8:16-18 |
| Ang Lumalagong Binhi 4:26-29 | | |
| Ang Binhi ng Mustasa 4:30-32 | 13:31-32 | |
| Ang Paggamit ng mga Parabula 4:33-34 (cf. 4:10-12) | 13:33-35 | |

F. Ang Parabula ng mga Lupa o ang Parabula ng Manghahasik, na makikita sa lahat ng mga Sinoptikong Ebanghelyo, ay ang susi sa pagpapaliwanag sa iba pa. Si Hesus ay naggugulo ng panahon upang ipaliwanag iyon ng pribado sa mga alagad. Hanggang dito, hindi nila naunawaan, kaya ano ang pag-asa na maunawaan ng iba? Ang talinghagang ito ay may mga tipolohiko at/o alegoryang aspeto, na kailangang makilala o ang ninanais na kahulugan ay nawawala.

G. Marcos 4:21-25 ay inulit sa Mateo sa magkaibang mga konteksto:
   Marcos 4:21 – Mateo 5:15
   Marcos 4:22 – Mateo 10:26
   Marcos 4:24 – Mateo 7:2
   Marcos 4:25 – Mateo 13:12; 25:29

   Mayroong hindi kukulangin sa dalawang paliwanag

1. Inulit at muling ginamit ni Hesus ang Kaniyang mga katuruan at mga paglalarawan sa magkaibang mga pangkat at magkaibang pagkakataon.
2. Ang mga manunulat ng Ebanghelyo ay pumipili, nag-aayos, at nag-aangkop ng mga salita ni Hesus para sa kanilang sariling pampanitika at teolohikong mga layunin (cf. *How to Read the Bible for All Its Worth* nina Gordon Fee at Doug Stuart, pp. 113-134).

H. Tinala ng Marcosang isang kalipunan ng mga himala na naghahayag ng kapangyarihan at awtoridad ni Hesus sa 4:35-8:26. Ang mga himala ay naglalayong pagtibayin ang katotohanan ng mga radikal na na bagong katuruan ni Hesus. Ginawa niya ang Kaniyang sarili na isyu!

## NATATANGING PAKSA: PAGPAPALIWANAG NG MGA PARABULA (INTERPRETING PARABLES)

Ang mga Sinoptikong Ebanghelyo ay isinulat na maraming maraming taon pagkatapos ng buhay ni Hesus sa lupa. Ang mga manunulat ng Ebanghelyo (sa tulong ng Espiritu) ay may pangkulturang kasanayan sa pasalitang tradisyon. Ang mga rabbi ay nagturo sa pamamagitan ng pasalitang pagtatanghal. Ginaya ni Hesus ang pasalitang pamamaraang ito sa pagtuturo. Sa ating kaalaman, hindi Niya sinulat ang anuman sa Kaniyang mga katuruan o mga pangangaral. Upang makatulong sa pag-ala-ala, ang paglalahad ng pagtuturo ay inulit, binuod at inilarawan. Ang mga manunulat ng Ebanghelyo ay pinanatili ang mga pantulong sa ala-ala. Ang mga Parabula ay isa mga pamamarang iton. Ang mga Parabula ay mahirap bigyang kahulugan:

"Ang mga Parabula ay pinakamainam mabibigyang kahulugan bilang mga salaysay o kuwento na may dalawang antas ng kahulugan; ang antas ng sanaysay ay nagkakaloob ng isang salamin kung saan ang katotohanan ay naiintindihan at nauunawaan." hango sa *Dictionary of Jesus and the Gospels*, (p. 594).

"Ang isang parabula ay isang kasabihan o salaysay na naghahangad na maihatid ang isang punto na ninanais ng tagapagsalit na bigyang-diin sa pamamagitan ng paglalarawan nito iyon mula sa isang kilalang kalagayan ng karaniwang buhay." hango sa *The Zondervan Pictorial Bible Encyclopedia*" (p. 590).

Iyon ay tiyakang mahirap bigyang kahulugan kung ano ang nauunawaan sa terminong "talinghaga" sa panahon ni Hesus

1. Ang ilan ay nagsasabing iyon ay nagpapakilala ng Hebreong terminong *mashal* na isang uri ng palaisipan (Marcos 3:23), mahusay na salawikain (Mga Kawikaan, Lucas 4:23), maikling salaysay (Marcos 7:15) o mahiwagang salalsay ("madilim na salaysay").
2. Ang iba ay sinasabing isa itong mas limitadong kahulugan ng isang maikling salaysay.

Depende kung paano binibigyang-kahulugan ang termino, lagpas sa isang-katlong ng naitalang mga katuruan ni Hesus ay sa patalinghagang anyo. Ito ay isang pangunahing pampanitikang genre ng NT. Ang mga Parabula ay tiyak na kapani-paniwalang mga kasabihan ni Hesus. Kung ang isa ay tinatanggap ang pangalawang kahulugan, mayroon pa ring maraming magkaibang uri ng mga maliit na salaysay o kuwento:

1. karaniwang mga salaysay o kuwento (Lucas 13:6-9)
2. mahirap na unawaing mga salaysay o kuwento (Lucas 15:11-32)
3. magkakasalungat na mga salaysay o kuwento (Lucas 16:1-8; 18:1-8)
4. tipolohiko/alegoriko (Mateo 13:24-30, 47-50; Lucas 8:4-8, 11-15; 10:25-37; 14:16-24; 20:9-19; Juan. 10; 15:1-8)

Sa pakikitungo sa mga magkakaibang patalinghagang sangkap, ang isa ay kailangang ipaliwanag ang mga kasabihang ito sa maraming mga antas. Ang unang antas ay pagkalahatang *hermeneutic* na mga pananaw na nauukol sa lahat ng mga biblikal na genre. Ang ilang mga patnubay:

1. kilalanin ang layunin ng buong aklat na o kahit na ang mas malaking pampanitikang yunit
2. kilalanin ang orihinal na mambabasa. Iyon ay napakahalaga na kadalasang ang katulad na talinghaga ay inilalagay sa magkaibang mga pangkat, halimbawa:
   a. ang nawalang tupa sa Lucas 15 ay tumutukoy sa mga makasalanan
   b. ang nawalang tupa sa Mateo 18 ay tumutukoy patungo sa mga alagad
3. dapat na itala ang kagyat na konteksto ng talinghaga. Kadalasang si Hesus o ang manunulat ng ebanghelyo ay sinasabi ang pangunahing punto (kadalasang sa wakas ng talinghaga o kaagad pagkatapos niyon).
4. ipahayag ang sentrong (mga)layunin ng talinghaga sa isang pasalaysay na pangungusap. Ang mga Parabula ay kadalasang ay may dalawa o tatlong pangunahing mga tauhan. Kadalasan, mayroong ipinapahiwatig na katotohanan, layunin o punto (balangkas) sa bawat tauhan.
5. tingnan ang kaagapay na mga talatang ito sa ibang mga Ebanghelyo, pagkatapos, ibang mga aklat sa NT at mga aklat sa OT.

Ang pangalawang antas ng pangkahulugang mga pananaw ay silang tiyakang nauugnay sa patalinghagang sangkap

1. Basahin (pakinggan kung maaari) ang talinghaga nang paulit-ulit. Ang mga ito ay ipinagkaloob para sa pasalitang kahihinatnan, hindi sa isinulat na pagsusuri.
2. Karamihan ng mga talinghaga ay mayroon lamang isang sentrong katotohanan na nauugnay sa ang pangkasaysayan at pampanitikang mga konteksto kapwa kay Hesus at/o ang ebanghelista.
3. Mag-ingat sa pagpapaliwanag ng mga detalye. Kadalasang sila ay bahagi lamang ng kalagayan ng salaysay.

4. Tandaang ang mga talinghaga ay hindi katotohanan. Sila ay mga paghahalintulad sa tunay na buhay, ngunit kadalasang mga pagpapalabis, upang dalhin ang isang punto (katotohanan).
5. Kilalanin ang pangunahing mga punto ng salaysay na mauunawaan ng isang unang siglong Hudyong mambabasa. Pagkatpos ay tingnan ang pagbaliko o di-inaasahan. Kadalasan, iyon ay patungo sa wakas ng salaysay (cf. A. Berkeley Mickelsen, *Interpreting the Bible*, pp. 221- 224).
6. Ang lahat ng mga talinghaga ay ipinagkaloob upang magtamo ng isang pagtugon. Ang pagtugong iyon ay kadalasang nauugnay sa konsepto ng "ang Kaharian ng Diyos." Si Hesus ay taga-pasinaya ng bagong pang-Mesias na Kaharian (Mateo 21:31; Lucas 17:21). Silang nakarinig sa Kaniya ay kailangang tumugon sa Kaniya ngayon!

   Ang Kaharian ay panghinaharap din (Mateo 25). Ang panghinaharap ng isang tao ay nakabatay sa kung paano siya tumugon kay Hesus sa panahon. Ang mga talinghaga ng kaharian ay inilalarawan ang bagong kaharian na dumating kay Hesus. Inilalarawa nila ang pang-etika at radikal nitong mga hinihingi para sa pagiging alagad. Walang magiging gaya sa nakalipas. Ang lahat ay sukdulang bagong at nakatuon kay Hesus!
7. Ang mga Parabula ay kadalasang hindi naghahayag ng punto o sentrong katotohanan. Ang tagapagsalin ay kailangang hanapin ang mga kontekstwal na susi na naghahayag ng orihinal na mga pangkulturang malinaw na sentrong katotohanan ngunit ngayon may kalabuan sa atin.

Isang ikatlong antas na kadalasang pinagtatalunan ay ang pagiging-lihim ng patalinghagang katotohanan. Si Hesus ay kadalasang nagsasalita sa pagiging-lihim ng mga talinghaga (cf. Mateo 13:9-15; Marcos 4:9-13; Lucas 8:8-10; Juan. 10:6; 16:25). Ito ay nauugnay sa propesiya sa Isaias 6:9-10. Ang puso ng mga tagapakinig ay nagpapasya ng antas ng pagkakaunawa (cf. Mateo 11:15; 13:9,15,16,43; Marcos 4:9,23,33-34; 7:16; 8:18; Lucas 8:8; 9:44; 14:35).

Gayunman, iyon ay kailangan ding ihayag na kadalasan, ang karamihan ng tao (Mateo 15:10; Marcos 7:14) at ang mga Fariseo (Mateo 21:45; Marcos 12:12; Lucas 20:19) nauunawaan ang tiyak na sinasabi ni Hesus ngunit tumatangging tumugod nang nararapat sa pamamagitan ng pananampalataya at pagsisisi. Sa isang kaunawaan ito ay ang katotohanan ng ang Parabula ng mga Lupa (Mateo 13; Marcos 4; Lucas 8).

Ang mga talinghaga ay isang kaparaanan upang itago o naghahayag ang katotohanan (Mateo 13:16-17; 16:12; 17:13; Lucas 8:10; 10:23-24).

Si Grant Osborne, sa kaniyang *Hermeneutical Spiral*, p. 239, ay gumagawa ng punto na ang "mga talinghaga ay isang 'kaparaanan ng pagtatagpo' at tumutupad na batay sa mambabasa...Bawat pangkat (mga pinuno, mga karamihan ng tao, mga alagad) ay kintatagpo nang magkakaiba sa pamamagitan ng mga talinghaga." Kadalasang kahit na ang mga alagad ay hindi nauunawaan ang alinman sa Kaniyang mga talinghaga o Kaniyang mga katuruan (cf. Mateo 15:16; Marcos 6:52; 8:17-18,21; 9:32; Lucas 9:45; 18:34; Juan. 12:16).

Isang ikaapat na antas ay pinagtatalunan din. Iyon ay tumutukoy sa sentrong katotohanan ng mga talinghaga. Karamihan sa mga makabagong nagpapaliwanag ay may reaksyon (kapat-dapat) sa alegorikong pagpapaliwanag ng mga talinghaga. Ang alegorya ay ibinabaling ang mga detalye sa isang detalyadong sistema ng katotohanan. Ang pamamaraang ito ng pagpapaliwanag ay hindi tumutuon sa pangkasaysayan kalagayan, pampanitikang kalagayan o layunin ng may-akda, ngunit pinapakilala ang kaisipan ng tagapagsalin, hindi ang teksto.

Gayunman, iyon ay kailangang tanggapin na mga talinghaga na pinaliwanag ni Hesus ay lubhang malapit sa alegoriko o kahit na papaano ay tipolohiko. Ginamit ni Hesus ang mga detalye upang iparating ang katotohanan (ang Tagahasik, Mateo 13; Marcos 4; Lucas 8 at ang masasamang umuupa, Mateo 21; Marcos 12, Lucas 20).

Ang ilang sa ibang mga talinghaga ay marami ring mga pangunahing katotohanan. Isang mabuting halimbawa ay ang talinghaga ng Nawawalang Anak (Lucas 15:11-32). Iyon ay hindi lamang ang bag-ibig ng Ama at pagkasuwail ng mas batang anak ngunit ang pag-uugali ng nakatatandang anak na napakahalaga sa buong kahulugan ng talinghaga.

Isang nakatutulong na sipi mula sa *Linguistics and Biblical Interpretation* nina Pedro Cotterell at Max Turner:

> "Iyon ay si Adulf Julicher na higit kaysa sa iba na nagtuturo ng karunungan ng Bagong Tipan tungo sa isang pangwakas na pagtatangka upang maunawaan ang tungkulin ng talinghaga sa katuruan ni Hesus. Ang radikal na pag-aalegorya ng mga talinghaga ay iniwan at ang paghahanap ay nagsimula para sa isang susi na magbibigay sa atin ng kakayahan na pasukin ang kanilang tunay na kahulugan. Ngunit gaya nang ginawang malinaw ni Jeremias, 'ang kaniyang pagpapagal na palayain ang mga talinghaga mula sa di-kapanipaniwala at pansariling mga pagpapaliwanag ng bawat detalye ay nagdulot sa kaniya upang mahulog sa isang nakakasawing kamalian.' Ang pagkakamali ay ang pagpilit na hindi lamang isang talinghaga ay dapat maunawaan na naghahati ng isang tanging kaisipan, ngunit ang kaisipan dapat na maging pangkalahatan hangga't maaari" (p. 308).

Isa pang nakatutulong na sipi mula sa *Ang Hermeneutical Spiral* ni Grant Osborne:

> "Ngunit aking tinatala ang maraming palatandaan na ang mga talinghaga ay talagang mga alegorya, kahit na pinamamahalaan ng layunin ng may-akda. Si Blomberg (1990) sa katotohanan ay nangatuwiran na mayroong kasing daming mga punto gaya ng mga tauhan sa mga talinghaga at na sila nga ay talagang mga alegorya. Kahit na ito ay tila nailahad nang labis, iyon ay mas malapit sa katotohanan kaysa sa 'isang punto' pamamaraan" (p. 240).

Ang mga talinghaga ba ay dapat gamiting upang ituro ang doktrinal na mga katotohanan o maipaliwanag ang doktrinal na mga katotohanan? Karamihan ng mga nagpapaliwanag ay naimpluwensiyahan sa pag-aabuso ng

alegorikong pamamaraan ng pagpapaliwanag ng mga talinghaga na nagpapahintulot sa kanila magamit upang itatag ang mga doktrina na walang kaugnayan sa orihinal na layunin ni Hesus o ng mga manunulat ng ebanghelyo. Ang kahulugan ay kailangang maiugnay sa layunin ng may-akda. Si Hesus at ang mga manunulat ng ebanghelyo ay nasa ilalim ng inspirasyon, ngunit ang mga nagpapaliwanag ay hindi.

Gayunman, ang mga talinghaga kahit na lubhang naabuso ay gumaganap pa rin bilang daluyan ng katuruan ng katotohanan, doktrinal na katotohanan. Pakinggan si Bernard Ramm sa puntong ito.

> "ang mga parabula ay nagtuturo ng doktrina at ang pag-aangkin na sila ay hindi magagamit sa lahat ng doktrinal na pagsulat ay di-wasto...kailangan nating siyasait ang mga bunga ng payak, maliwanag na katuruan ng ating Panginoon, at kasama ang ibang bahagi ng Bagong Tipan. Ang mga parabula na may wastong mga pag-iingat ay maaaring gamitin upang ilarawan ang doktrina, paliwanagin ang Kristiyanong karanasan at magturo ng mga praktikal na mga aral." *Protestant Biblical Interpretation"* (p. 285).

Sa pangwakas, hayaan niyo akong magbigay ng tatlong sipi na nagpapakilala ng mga babala sa ating pagpapaliwanag ng mga talinghaga:

1. Hango mula sa *How to Read the Bible For All Its Worth* nina Gordon Fee at Doug Suart:
   > "Ang mga talinghaga ay dadanas ng isang kahihinatnan ng maling pagpapaliwanag sa iglesiya pangalawang lamang sa Pahayag" (p. 135).
2. Hango mula sa *Understanding and Applying the Bible* ni J. Robertson McQuilkin,
   > "Ang mga parabula ay naging pinagmulan ng napakaraming pagpapala sa pagpapaliwanag sa bayan ng Diyos patungkol sa espiritwal na katotohanan. Sa katulad na panahon, ang mga talinghaga ay naging pinagmulan ng hindi matatawarang pagkalito sa kapwa doktrina at kasanayan ng iglesiya" (p. 164).
3. Hango mula sa *The Hermeneutical Spiral* ni Grant Osborne,
   > "Ang mga parabula ay maaaring ang pinakamaraming naisinulat ngunit sa pagpapaliwanag ay naaabuso ang bahaging ito ng Banal na Kasulatan...ang pinakadinmiko ngunit ang pinakamahirap na unawaing mga biblikal na genre. Ang potensyal ng talinghaga para sa pagbibigay-alam ay napakalaki, yamang iyon ay lumilikha ng isang paghahambing o salaysay batay sa pang-araw-araw na mga karanasan. Gayunman, ang salaysay mismo ay kaya ang maraming kahulugan, at ang makabagong mambabasa ay may malaking kahirapan sa pagpapaliwanag nito gaya ng mga sinaunang tagapakinig" (p. 235).

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 4:1-9

**[1]At siya ay muling nagpasimulang magturo sa tabi ng dagat. At nagpipisan sa kaniya ang lubhang maraming tao, ano pa't siya ay lumulan sa isang daong, at siya ay naupo sa dagat; at ang buong karamihan ay nasa lupa sa tabi ng dagat. [2]At sila ay tinuruan niya ng maraming bagay sa mga talinghaga, at sinabi sa kanila sa kaniyang pagtuturo, [3]Pakinggan ninyo: Narito, ang manghahasik ay yumaon upang maghasik: [4]At nangyari, sa kaniyang paghahasik, na ang ilang binhi ay nangahulog sa tabi ng daan, at nagsidating ang mga ibon at kinain ito. [5]At ang mga iba'y nangahulog sa batuhan, na doon ay walang maraming lupa; at pagdaka ay sumibol, sapagkat hindi malalim ang lupa: :6 At nang sumikat ang araw, ay nangainitan; at dahil sa walang ugat, ay nangatuyo. [7]At ang mga iba'y nangahulog sa dawagan, at nagsilaki ang mga dawag, at ininis ang mga pananim, at ito'y hindi nangamunga. [8]At ang mga iba'y nangahulog sa mabuting lupa, at nangamunga, na nagsitaas at nagsilago; at may namunga ng tigtatatlongpu, at tiganim na pu, at tigisang daan. [9]At sinabi niya, Ang may mga pakinig na ipakikinig, ay makinig.**

**4:1 "siya ay muling nagpasimulang magturo sa tabi ng dagat"** Ito ay hindi isang bagay na tuwirang bago (cf. 2:113; 3:7) ngunit ngayon ang sinagoga ay nagiging mas sarado sa Kaniya, Siya ay nagpapatuloy sa mga lantad na pagtuturong paglilingkod. Ninanais ni Hesus na ang karaniwang tao ay magkaroon ng paglapit sa Kaniya at sa Kaniyang mga katuruan.

▣ **"nagpipisan sa kaniya ang lubhang maraming tao"** Mayroong isang napakalaking bilang ng tao, ngunit ang talinghaga ay nagpapahiwatig na kaunti ang tumugon. Ang presensya ng isang malaking bilang ng tao ay isang inuulit na paksa sa Marcos (cf. 2:13; 3:9; 4:1,36; 5:31; 7:33; 8:1,2; 9:14,17; 14:43; 15:8).

▣ **"isang daong"** Ang Griyegong termino ay tumutukoy sa isang naglalayag na daong. Sa 3:9 Si Hesus ay humingi ng isang naghihintay na daong kung sakaling ang dagsa ng karamihan ng tao ay naging lubhang malaki. Iyon ngayon ang magiging isang entablado sa pangangaral. Bawat maysakit ay nagnanais na mahipo Siya. Anong siksikan na nagdulot nito.

▣ **"naupo"** Ang isa ay nagtataka kung ang pag-upo ni Hesus (i.e., laban sa pagtayo) ay nagpapakilala ng pangkulturang pamantayan ng Hudyong mga guro (i.e., ang mga rabbi na nakaupong magturo) o kung ito ay dinulot

ng ang kawalang tatag ng daong.

▣ **"nasa lupa"** Si Hesus ay gumagamit ng karaniwang pagpapalakas ng tinig sa tubig upang magsalita sa napakalaking bilang ng tao.

**4:2 "sila ay tinuruan niya"** Ito ay isang DI-GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG na nangangahulugang Siya ay paulit-ulit na nagtuturo (i.e., "maraming mga bagay").

▣ **"mga talinghaga"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagpapaliwanag ng mga Parabula sa Panimulang sa kabanata 4.

**4:3 "'pakinggan ninyo'"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS. Tandaan, mga talinghaga ay ipinagkaloob na pasalita. Ang mga rabbi ay nagtuturo, pagkatapos ibubuod, pagkatapos ilalarawan. Sinusundan ni Hesus ang ganitong huwaran (cf. William L. Blevins, *Birth of a New Testament*, pp. 1-13).

▣ **"manghahasik"** Ito ay isang lubhang karaniwang tanawin sa Galilea. Ang talinghagang ito gumagawa ng malakas na kaunawaan kapag naiisip ng isa kung paano nag-aararo ang mga magsasaka ng nayon sa lahat ng sakahan na nakapalibot sa kanilang mga nayon. Ang mga biik ay nasa mga daan, mga damo, atbp. Ngayon, sila ay naghasik sa buong sakahan sa pamamagitan ng kamay. Ginamit ni Hesus ang ganitong karaniwang kasanayan upang ilarawan ang espiritwal na kahandaan sa pagtanggap (i.e., apat na uri ng lupa).

**4:4 "sa tabi ng daan"** Ito ay tumutukoy sa ang pangmadlang mga daan ng tao patungo sa mga panlahat na mga sakahan ng mga nayon. When these fields ay plowed ang trails disappeared briefly ngunit sila quickly reappeared with paggamit.

**4:5 "sa batuhan"** Ito ay tumutukoy sa isang pormasyon ng mga buto, ilalim ng kakaunti lamang na pulgada ng lupa, hindi hiwa-hiwalay na mga bago sa taniman. Ang kababawan ng lupa ay hindi malinaw sa tagamasid.

**4:7 "sa dawagan"** Ito ay tumutukoy sa lubos na naitatag na mga tagpi ng tinik na hindi rin nakikita pagkatapos ng paghahasik.

**4:8 "may namunga ng tigtatatlongpu, at tiganim na pu, at tigisang daan"** Ang iba't-ibang uri ng lupa at lugar ay pinahintulot ang magkaibang dami ng prutas. Mayroong maraming kasulatan pagkakaiba na nauugnay sa PANG-UKOL na *en*. Gayunman, ang sarisaring uri ng Griyegong kasulatang kaibahan ay hindi talaga nababago ang kahulugan ng teksto. Maaaring lahat ng tatlo ay dapat na *en*, na sumusunod sa isang Aramaikong impluwensiya.

**4:9, 23 "'Ang may mga pakinig na ipakikinig, ay makinig'"** Ito ay isang Semitikong wikain. Iyon ay nagpapakita ng pangangailangan para sa maingat na pag-iisip at personal na paglalapat (cf. Mateo 11:15; 13:9,43; Lucas 8:8; 14:35; Pahayag 2:7,11,17,29; 3:6,13,22; 13:9). Ito ay maaaring nagpapakilala ng Hebreong panalangin, ang *Shema* (cf. Deuteronomio 6:4), na nangahulugang "pakinggan upang gawin." Ang pakikinig ay kailangang magbunga sa pagkilos (cf. Santiago 2:14-26).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 4:10-12

**10 At nang siya ay magisa na, ang nangasa palibot niya na kasama ang labingdalawa ay nangagtanong sa kaniya tungkol sa mga talinghaga. 11 At sinabi niya sa kanila, Sa inyo ay ipinagkaloob ang makaalam ng hiwaga ng kaharian ng Diyos: datapuwat sa kanilang nangasa labas, ang lahat ng mga bagay ay ginagawa sa pamamagitan ng mga talinghaga: 12 Upang kung magsitingin sila ay mangakakita, at huwag mamalas; at kung mangakinig sila ay mangakarinig, at huwag mangakaunawa; baka sakaling sila ay mangagbalikloob, at patawarin sila.**

**4:10 "At nang siya'y magisa na"** Ito ay nangangahulugang nag-iisa kasama ang alagad. Sila ay tila nahihiyang magtanong kasama ang madla. Iyon ay malinaw na hindi nila nauunawaan ang0 talinghaga.

**4:11 "'Sa inyo ay ipinagkaloob'"** Ito ay GANAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG. Tayo ay may pananagutang katiwala ng espiritwal na mga katotohanan na ating taglay. "sinumang pinagkalooban ng marami, marami ang hihingin" (cf. Lucas 12:48).

Ang pribadong katuruang ito, na tila isang palagiang pangyayari, ay maaaring nagpaliwanag ng mga pagkakaiba sa pagitan ng mga Sinoptikong Ebanghelyo at Ebanghelyo ni Juan. Si Hesus ay nagpapahayag ng lubhang naiiba sa Juan. Iyon ay maaari na ang patalinghagang mga katuruan, na lubhang karaniwang sa mga Sinoptiko, ay naunang ginawa sa mga karamihan ng tao at sa lubusang magkaibang pamamaraan (i.e., "Ako nga" na mga kapahayagan) ay ginawa nang pribado kasama ang mga alagad at ito ang tinala sa Ebanghelyo ni Juan.

Iyon ay maaari lamang na ang buong isyu ng natatanging pagtuturo para sa Labindalawa ay maaaring gumaganap sa sinaunang iglesiya bilang isang paraan ng pagpapatingkad ng Apostolikong awtoridad. Sila, at sila lamang, ang

nakakaalam ng "tunay na" pagpapaliwanag ng mga salita ni Hesus. Ang lahat ng kapahayagan ay nanggaling sa mga pinili at kinasihang mga alagad.

▣ **"'ang hiwaga'"** Ito ay ang Griyegong terminong *mustērion*. Iyon ay ginamit sa NT sa maraming magkaibang mga kaunawaan. Sa kontekstong ito, iyon ay nahayag sa katotohanan na mga pinuno at ang karamihan ng tao ay hindi maunawaan (cf. Isaias 6:9-10).

## NATATANGING PAKSA: HIWAGA SA EBANGHELYO (MYSTERY IN THE GOSPELS)

A. Sa mga Sinoptikong Ebanghelyo, ang "hiwaga" ay ginamit ng espiritwal na kabatiran na hinimay mula sa mga talinghaga ni Hesus.
   1. Marcos 4:11
   2. Mateo 13:11
   3. Lucas 8:10

B. Si Pablo ay gumagamit nito sa maraming magkaibang mga paraan.
   1. Isang bahagyang pagpapatigas ng puso ng Israel upang pahintulutang isama ang Hentil. Ang dagsang ito ng mga Hentil ay gagamitin bilang isang pamamaraan para sa mga Hudyo na tanggapin si Hesus bilang Kristo ng propesiya (cf. taga-Roma 11:25-32).
   2. Ang ebanghelyo ay ipinaalam sa lahat ng bansa, na sinasabi sa kanila na silang lahat ay isinama kay Kristo at sa pamamagitan ni Kristo (cf. taga-Roma 16:25-27; taga-Colosas 2:2).
   3. Ang mga bagong katawan ng mga mananampalataya sa Ikalawang Pagdating (cf. I taga-Corinto 15:5-57; I taga-Thesalonica 4:13-18).
   4. Ang paglalagom ng lahat ng mga bagay kay Kristo (cf. taga-Efeso 1:8-11).
   5. Ang mga Hentil at mga Hudyo bilang mga kasamang tagapagmana (cf. taga-Efeso 2:11-3:13).
   6. Ang matalik na kaugnayan sa pagitan ni Kristo at ng Iglesiya ay inilarawan sa mga terminong pangkasal (cf. taga-Efeso 5:22-33).
   7. Ang mga Hentil ay isinama sa kasunduang bayan at pinananahan ng Espiritu ni Kristo upang magbunga ng paglagong tulad kay Kristo, na ito ay, maipanumbalik ang nasirang larawan ng Diyos sa tao (cf. Genesis 1:26-27; 5:1; 6:5,11-13; 8:21; 9:6; taga-Colosas 1:26-28).
   8. Ang Anti-Kristo sa wakas ng panahon (cf. II taga-Thesalonica 2:1-11).
   9. Isang imno ng sinaunang iglesiya tungkol sa hiwaga ng ebanghelyo ay matatagpuan sa I Timoteo 3:16.

C. Sa Pahayag ni Juan, iyon ay ginamit na kahulugan ng mga apokaliptikong simbolo ni Juan.
   1. 1:20
   2. 10:7
   3. 17:5,6

D. Ang mga ito ay mga katotohanan na hindi matatagpuan ng tao; sila ay kailangang ihayag sa pamamagitan ng Diyos. Ang mga kabatiran ay napakahalaga para sa isang tunay na pagkakaunawa sa walang hanggang plano ng Diyos para sa katubusan ng lahat ng tao (cf. Genesis 3:15). Tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH.

▣ **"kaharian ng Diyos"** Tingnan ang tala sa 1:15.

▣ **"datapuwat sa kanilang nangasa labas"** Ang Banal na Espiritu at personal na pagtanggap ay kapwa kailangan sa pagkaunawa ng espiritwal na katotohanan. Silang tumanggi sa Espiritu ay gumagawa ng kasalanan ng 3:29. Ang mga parabula ay mayroong dalawahang layunin sa pagtatago ng katotohanan (cf. Mateo 11:25-27) at maliwanag na naghahayag ng katotohanan (cf. Lucas 10:29 at ang talinghaga na ay sinusundan). Ang puso ng tagapakinig susi.

**4:12** Ito sipi ay mula sa isang Aramaikong Targum ng Isaias 6:9. Ang kaagapay sa Mateo na mula sa Septuagint ay sinisipi ang kapwa Isaias 6:9 at 10. Ang pangangaral ni Isaias ay tinanggihan ng mga matitigas na ulong mga Israelita na kaniyang pinagpapahayag noong ikawalong siglo B.C. Ang mga tagapakinig ni Hesus noong unang siglo A.D. ay tinanggihan ding katulad ang Kaniyang katuruan. MGA PASAKALING PANDIWA ay nangingibabaw sa siping ito, na nagpapakita kusang kawalang katiyakan sa bahagi ng mga tagapakinig.

Bagaman ang Marcos ay isinulat sa mga Hentil, maaaring sa taga-Roma, siya ay kadalasang may pagkabanggit sa mga teksto ng OT (cf. 1:2-3; 2:25-26; 4:12; 10:6-8,19; 12:26,29-31,36).

▣ **"sila ay mangagbalikloob"** Ito ay ang OT (i.e., *shub*, BDB 996) na termino para sa pagsisisi.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 4:13-20

**[14]Ang manghahasik ay naghahasik ng salita. [15]At ang mga ito'y yaong nangasa tabi ng daan, na doon nahahasik ang salita; at nang kanilang mapakinggan, pagdaka ay pinaroroonan ni Satanas, at inaalis ang salita na**

**inihasik sa kanila. [16]At gayon din naman itong mga nahasik sa batuhan, na, pagkarinig nila ng salita, pagdaka ay nagsisitanggap na may galak; [17]At hindi nangaguugat sa kanilang sarili, kundi sangdaling tumatagal; kaya't pagkakaroon ng kapighatian o ng mga paguusig dahil sa salita, pagdaka ay nangatisod sila. [18]At ang mga iba'y yaong nangahasik sa dawagan; ang mga ito'y yaong nangakinig ng salita, [19]At ang mga pagsusumakit na ukol sa sanglibutan, at ang daya ng mga kayamanan, at ang mga pita sa ibang mga bagay na nagsisipasok, ang nagsisiinis sa salita, at ito'y nagiging walang bunga. [20]At yaon ang nangahasik sa mabuting lupa; na nangakikinig ng salita, at tinatanggap ito, at namumunga ng tigtatatlongpu, at tigaanim na pu, at tigiisang daan.**

**4:13 "'Hindi baga ninyo nalalaman ang talinghagang ito? paanong malalaman ninyo ang lahat ng mga talinghaga'"** Ang kapahayagang ito ay natatangi sa Marcos, ngunit nagpapakita na inaasahan ni Hesus na maunawaan ng mga alagad. Ang Kaniyang pamilya ay hindi nakaunawa, ang karamihan ng tao ay hindi nakaunawa, ang mga pang-relihiyong pinuno ay hindi nakaunawa, at kahit na ang mga alagad, na walang natatanging pansin at pagpapaliwanag, ay hindi nakaunawa.

Ang talinghagang ito ay isang tularan para sa iba. Dito ay maraming susing mga panuntunan para sa pagpapaliwanag ng mga talinghaga:

1. tingnan ang pangkasaysayan at pampanitikang mga konteksto
2. kilalanin ang sentrong katotohanan
3. huwag bigyang-diin ang mga detalye
4. tingnan ang mga kaagapay na Ebanghelyo
5. humanap ng di-inaasahang pagbabago o pangkulturang nakakagulat na kapahayagan na magiging isang pagtawag sa pagkilos batay sa etika ng bagong kaharian

**4:14** Ang binhi ay tumutukoy sa paghahayag ng ebanghelyo. Ang kaagapay sa Mateo (cf. 13:19) ay tinatawag iyon na "ang salita ng Kaharian."

**4:15 "Satanas"** Ang pagnanaw na ito ng katotohanan ay inihahayag nang lubhang maliwanag sa II taga-Corinto 4:4. Ang kaagapay sa Mateo (cf. Mateo 13:19) ay nagdaragdag ng "hindi nila naiintindihan iyon," pagkatapos, kinuha ni Satanas iyon palabas ng isipan at puso upang sila ay hindi isipin ang tungkol dito. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:13.

▣ **"inalis"** Ang Griyegong terminong *airō* ay maaaring mangahulugang (1) wasakin (cf. Juan 11:48) o (2) kitilin ang isang buhay (cf. Lucas 23:18; Mga Gawa 12:19); walang salita, walang buhay!

**4:16 "pagkarinig nila ng salita, pagdaka ay nagsisitanggap na may galak"** Ang paunang pagtanggap ng isang katotohanan ay hindi lamang ang saligan (cf. vv. 17 at 19). Ang biblikal na pananampalataya ay hindi batay sa isang nakalipas na madamdaming kapasiyahan, ngunit sa isang lumalagong kaugnayan. Ang kaligtasan ay hindi isang *insurance policy* sa sunog o isang tiket papuntang langit, ngunit isang naipanumbalik na "larawan ng Diyos," na nagpapahintulot ng matalik, araw-araw na pakikipag-ugnayan sa Diyos. Ang isang maligayang pag-usbong ay hindi papalit sa isang namumungang kaugnayan (cf. v. 20).

**4:17 "at hindi nangaguugat sa kanilang sarili"** Ito ay umaagapay sa paggamit ni Juan pananampalataya sa 8:30ff.

▣ **"kayat pagkakaroon ng kapighatian o ng mga paguusig"** Ang pagtitiis ay ang katibayan ng tunay na pananampalataya.

## NATATANGING PAKSA: ANG PANGANGAILANGAN NG PAGTITIS (THE NEED TO PERSEVERE)

Ang biblikal na doktrina na may kaugnayan sa buhay Kristyano ay mahirap maipaliwanag dahil ipinapakita ito ang mga karaniwang silanganing wikaing tambalan. Ang mga tambalang ito ay tila magkasalungat, ngunit kapwa biblikal. Ang mga Kristiyanong kanluranin ay gumawi sa pagpili ng isang katotohanan at baliwalain o pababain ang kabilang katotohanan. Hayaan mong aking ilarawan.

A. Ang kaligtasan ba ay isang panimulang pagpapasiya na pagkatiwalaan si Kristo o isang panghabang-buhay na pagtupad sa pagiging alagad ni Kristo?
B. Ang kaligtasan ba ay isang pagpili sa pamamagitan ng biyaya mula sa isang makapangyarihang Diyos o ang pananampalataya at pagsisisi ng tao bilang tugon sa isang alok ng Diyos?
C. Ang kaligtasan ba, na minsang matanggap, ay hindi na mawawala, o mayroong pangangailang para sa nagpapatuloy na pagpapagal?

Ang paksa ng pagtitiis ay puno ng pagtutol sa buong kasaysay ng iglesiya. Ang suliranin ay nagsisimula sa tila magkasalungat ng mga talata ng NT:

A. mga talata sa katiyakan

1. mga pahayag ni Hesus (Juan 6:37; 10:28-29)
2. mga pahayag ni Pablo (taga-Roma 8:35-39; taga-Efeso 1:13; 2:5,8-9; taga-Filipos 1:6; 2:13; II taga-Thesalonica 3:3; II Timoteo 1:12; 4:18)
3. mga pahayag ni Pedro (I Pedro 1:4-5)

B. mga talata sa pangangailangan ng pagtitiis
1. mga pahayag ni Hesus (Mateo 10:22; 13:1-9,24-30; 24:13; Marcos 13:13; Juan 8:31; 15:4-10; Pahayag 2:7,17,20; 3:5,12 ,21)
2. mga pahayag ni Pablo (taga-Roma 11:22; I taga-Corinto 15:2; II taga-Corinto 13:5; taga-Galacia 1:6; 3:4; 5:4; 6:9; taga-Filipos 2:12; 3:18-20; taga-Colosas 1:23; 2 Timoteo 3:2)
3. mga pahayag ng mak-akda ng Hebreo (2:1; 3:6,14; 4:14; 6:11)
4. mga pahayag ni Juan (I Juan 2:6; II Juan 9)
5. mga pahayag ng Ama (Pahayag 21:7)

Ang biblikal na kaligtasan ay nagmumula sa pag-ibig, awa, at biyaya ng isang makapangyarihan na Trinidad na Diyos. Walang tao ang maliligtas maliban na magsimulang kumulos ang Espiritu (cf. Juan 6:44,65). Ang Diyos ang unang lalapit at magtatakda ng *agenda*, ngunit hinihingi na mga tao ay kailangang tumugon sa pananampalataya at pagsisisi, sa kapwa pasimula t pagpapatuloy. Ang Diyos ay gumagawa sa sangkatauhan sa isang kasunduang pakikipag-ugnayang. May mga tanging karapatan <u>at</u> mga pananagutan!

Ang kaligtasan ay inaalok sa lahat ng mga tao. Ang kamatayan ni Hesus ay tumugon sa suliraning kasalanan ng nalugmok na nilikha. Ang Diyos ay nagbigay ng isang daan at nais na ang lahat na nilalang ayon sa Kanyang larawan ay tumugon sa Kanyang pag-ibig at inilaan kay Hesus.

Kung gusto mong magbasa pa sa paksang ito mula sa pananaw na *non-Calvinistic*, tingnan sa
1. Dale Moody, *Ang Word of Truth*, Eerdmans, 1981 (pp. 348-365)
2. Howard Marshall, *Kept by the Power of God*, Benthany Fellowship, 1969
3. Robert Shank, *Life to the Son*, Westcott, 1961

Ang Bibliya ay tumutukoy sa dalawang magkaibang mga suliranin sa bahaging ito: (1) pagkuha sa katiyakan bilang lisensiya sa buhay na walang bunga, maka-sariling mga buhay at (2) himukin ang mga nakikihamok sa pang-gawain at pag-sariling kasalanan. Ang suliranin ay ang mga maling pangkat ay makakakuha ng maling mensahe at bumuo ng sistemang teolohikal sa mga iilang talata. May mga Kristiyanong may malubhang pangangailangan ng mensahe ng katiyakan, ang iba naman ay kailangan ng mga mahigpit na babala! Saan pangkat ka kabilang?

▣ **"dahil ng ang salita"** Pansinin na ang pag-uusig ay nauugnay sa ebanghelyo (cf. Mateo 5:10-12; I Pedro 2:11-12,21; 3:14-17; 4:12-16). Ang Anak ng Diyos, ang salita ng Diyos, at bayan ng Diyos ang pinatatamaan o target ng nalugmok na mundong ito.

**4:18** Ang ikatlong uri ng lupa ay tumutukoy sa kanilang nakarinig ng salita, ngunit ang mga panlabas na suliranin (cf. v. 19) ay nagdulot dito (i.e., ang binhi – ang salita) na mamatay. Pansinin ang malinaw na pagkakaiba sa pagitan pagsibol at pamumunga! Ang isang mabuting panimula ay hindi magwawagi sa takbuhan, ngunit isang mabuting pagtatapos (cf. Juan 15; Hebreo 11).

**4:19 "ang mga pagsusumakit na ukol sa sanglibutan, at ang daya ng mga kayamanan"** Ang mga ito ay tumutukoy sa ang mga panunukso ng nalugmok na mundong ito (o panahon).

**4:20 "tigtatatlongpu, at tigaanim na pu, at tigiisang daan"** Ang halaga ay hindi kasinghalaga ng pamumunga!

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 4:21-25

**21 At sinabi niya sa kanila, Dinadala baga ang ilaw upang ilagay sa ilalim ng takalan, o sa ilalim ng higaan, at hindi baga upang ilagay sa talagang lalagayan ng ilaw? 22 Sapagkat walang anomang bagay na natatago, kundi upang mahayag; ni nalilihim, kundi yao'y upang mapasa liwanag. 23 Kung ang sinoman ay may mga pakinig na ipakikinig, ay makinig. 24 At sinabi niya sa kanila, Ingatan ninyo kung ano ang inyong pinakikinggan: sa panukat na inyong isinusukat ay kayo ay susukatin; at higit pa ang sa inyo'y ibibigay. 25 Sapagkat ang mayroon, ay bibigyan pa; at ang wala, pati ng nasa kaniya ay aalisin pa sa kaniya.**

**4:21 "ilaw"** Ang unang dalawang tanong ng v. 21 sa gramatika, ay inaasahan ang isang "hindi" na tugon. Ang liwanag ay para sa pagbibigay-tanglaw. Ang pananampalataya ay dapat na magkaroon ng bunga. Ipinapaliwanag ng talatang ito kung bakit maraming hindi nakakaunawa sa mga talinghaga ni Hesus. Ang mga talinghaga ay para sa pagbibigay-tanglaw o liwanag, ngunit ang mga masasamang puso at mga layunin ng tao, hindi Diyos, ang humaharang sa liwanag. Nais ng Diyos na makapagbigay-alam (cf. v. 22).

Si Hesus, sa liwanag ng nalalapit na konteksto, ay nagpapahayag sa panghinaharap na pangangaral ng buong ebanghelyo pagkatapos ng Kaniyang muling pagkabuhay at pag-akyat sa langit. Ang inuulit na Lihim ng Mesias ng

Marcos, ang tinatagong katotohanan na dinulot ng paggamit ng mga talinghaga, at ang kakulangan ng pagkakaunawa sa bahagi ng panloob na pangkat ng mga alagad ay hinihingi na makita sa isang panghinaharap na konteksto (i.e., pagkatapos ng Pentecost).

▣ **"takalan"** Ito ay isang lalagyan na naglalaman ng halos isang *peck* o dalawang galon ng tuyong panukat. Ang terminong ito ay isang Latinismo, maaaring nagpapatunay na ang Ebanghelyo ni Marcos ay isinulat na para sa taga-Roma.

▣ **"isang higaan"** Sa literal, ito ay "papag." Ito ay ginamit hindi lamang para sa pagtulog (cf. 7:30), ngunit isang unanan habang kumakain sa isang nakasandal na kalagayan.

▣ **"lalagyan ng ilaw"** Ito ay maaaring tumutukoy sa maraming magkaibang mga paraan na ang mga ilaw ay inilalagay upang magbigay ng pinakamalakas na kaliwanagan: isang nakalagay sa pader; (2) isang sabitan sa pader; o (3) ilang uri ng pedestal.

**4:23 "kung"** Ito ay isang UNANG URING MAY PASUBALI NA PANGUNGUSAP. Ipinagpapalagay ni Hesus na ang ilang (sa darating na panahon) ay mauunawaan ang Kaniyang persona, misyon, at mga pangako.

**4:24-25** Ito ay naghahayag ng isang espiritwal na panuntunan. Ang mensahe ng ebanghelyo ay kumalat sa ibang dako; ang susi sa paglago ay ang uri ng lupa binabagsakan nito. Ang pagiging-bukas ng sangkatauhan sa espiritwal na katotohanan ay napakahalaga. Ito hindi lamang tumutukoy sa paunang pagtugon ngunit nagpapatuloy na pagtugon. Ang isang mababababaw, madamdaming pagtugon ay tatanggihan.

**4:24 "'Ingatan ninyo kung ano ang inyong pinakikinggan'"** Ito ay tumutukoy sa personal na pagtanggap o patanggi ng Hesus. Ang mga rabbi ay naniniwala na isipan ay isang binungkal na hardin na handa na para sa binhi. Kung ano ang pinapahintulot na makita ng ating mat at marinig ng ating tainga (cf. vv. 9,23) ay umuugat. Tayo ay naging kung ano ang ating pinananahanan, pinagtutuonan, ay ginagawang una!

▣ **"'sa panukat na inyong isinusukat ay kayo ay susukatin'"** Ang talatang ito ay walang kinalaman sa pagkakaloob sa pananalapi, ngunit may espiritwal na pagkaalam. Ang katotohanang ito ay ipinapahayag din sa Mateo 5:7; 6:14-15; 18:21-35; Marcos 11:25; Lucas 6:36-37; Santiago 2:13; 5:9. Ito ay hindi isang katuwiran ng mga gawa, ngunit ang katotohanan kung papaanong kumikilos ang isa ay nagpapahayag ng kaniyang puso. Ang mga mananampalataya ay may isang bagong puso at isang bagong pamilya.

**4:25** Kapag sumapit sa ebanghelyo, iyon ay nagpapatuloy na magbigay at magbigay sa kanila na tumugon, ngunit sa kanilang tinanggihan iyon, iyon ay walang iniiwan! Si Hesus ay gumagamit ng isang kabalintunaang kawikaan (cf. 4:22,25;6:4; 8:35; 10:43-44). Ito ay karaniwan sa mga guro ng *near eastern*.

Ang talatang ito ay gumagamit ng isang BALINTIYAK na kayarian, na maaaring isang pagpapaligyo para sa Diyos. Ang Diyos ay ang di-inihayag na kinatawan ng pagkilos.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 4:26-29

**26 At sinabi niya, Ganyan ang kaharian ng Diyos, na gaya ng isang taong naghahasik ng binhi sa lupa; 27 At
natutulog at nagbabangon sa gabi at araw, at sumisibol at lumalaki ang binhi na di niya nalalaman kung paano.
28 Sa kaniyang sarili ay nagbubunga ang lupa; una-una'y usbong, saka uhay, pagkatapos ay butil na humihitik sa
uhay. 29 Datapuwa't pagka hinog na ang bunga, ay ginagamit agad ang panggapas, sapagkat dumating na ang
pagaani.**

**4:26 "binhi"** Ang talinghagang ito ay natatangi sa Marcos. Dahil sa talatang 14 nalalaman naito na ito ay tumutukoy sa mensahe ng ebanghelyo. Ang paglago ay isang bunga ng mabuting binhi at mabuting lupa. Ito ay pang-Diyos at pantaong mga aspeto ng kasunduan.

**4:27-29** Ito ay maaaring nagpapakilala ng kaligtasan bilang isang proseso (cf. I taga-Corinto 1:18; 15:2; II taga-Corinto 2:15; II Pedro 3:18). Ang talinghangang ito ay naglalarawan ng mahiwaga at nakakamanghang paglago ng pananampalataya sa buhay ng nalugmok na mga anak ng Adan. Ang layunin ay bunga!

## NATATANGING PAKSA: MGA PANAHUNAN NG GRIYEGONG PANDIWA NA GINAMIT SA KALIGTASAN (GREEK VERB TENSES USED FOR SALVATION)

Ang kaligtasan ay hindi isang bunga, ngunit isang pakikipag-ugnayan. Ito ay hindi natapos kapag ang isang tao ay nagtiwala kay Kristo; ito ay nagsimula pa lamang! Ito ay hindi isang patakarang paneguro sa apoy, o isang tiket patungo sa langit, ngunit isang buhay na lumalago sa pagiging katulad kay Kristo (cf. taga-Roma 8:28-29; 2 taga-Corinto 3:18;

7:1; taga-Galacia 4:19; taga-Efeso 1:4; 4:13; 1 taga-Thesalonica 3:13; 4:3, 7; 5:23; 1 Pedro 1:15). Mayroon tayong kasabihan sa Amerika na nagsasabi na habang tumatagal ang mag-asawang nabubuhay ng magkasama, mas lalo silang nagiging magkamukha. Ito ang layunin ng Kaligtasan!

**KALIGTASAN BILANG ISANG NATAPOS NA PAGKILOS (AORIST)**

- Mga Gawa 15:11
- taga-Roma 8:24
- II Timoteo 1:9
- Tito 3:5
- taga-Roma 13:11 (isinasama sa AORIST na may isang PANGHINAHARAP na pag-aangkop)

**KALIGTASAN BILANG ISANG KALAGAYAN NG PAG-IRAL (GANAP)**

- taga-Efeso 2:5,8

**KALIGTASAN BILANG ISANG NAGPAPATULOY NA PROSESO (PANGKASALUKUYAN)**

- I taga-Corinto 1:18; 15:2
- II taga-Corinto 2:15
- I Pedro 3:21

**KALIGTASAN BILANG ISANG PANGHINAHARAP KALUBUSAN (PANGHINAHARAP sa PANDIWANG PANAHUNAN o konteksto)**

- taga-Roma 5:9,10; 10:9,13
- I taga-Corinto 3:15; 5:5
- taga-Filipos 1:28;
- I taga-Thesalonica 5:8-9
- Hebreo 1:14; 9:28
- I Pedro 1:5,9

Samakatuwid, ang kaligtasan ay nagsisimula sa panimulang pananampalatayang kapasyahan (cf. Juan 1:12; 3:16; taga-Roma 10:9-13), ngunit kailangan itong magbunga sa isang pamamaraan ng pamumuhay na pananampalataya (cf. taga-Roma 8:29; taga-Galacia 3:19; taga-Efeso 1:4; 2:10), na balang-araw ay magiging lubos sa paningin (cf. I Juan 3:2). Ang huling kalalagayang ito ay tinatawag na pagkaluwalhati. Ito ay maaaring ilarawan bilang

1. panimulang kaligtasan—pag-aaring-ganap (naligtas mula sa kabayaran ng kasalanan)
2. nagpapatuloy na kaligtasan—pagpapaging-banal (naligtas mula sa sa kapangyarihan ng kasalanan)
3. katapusang kaligtasan—pagkaluwalhati (naligtas mula sa presensiya ng kasalanan)

**4:29 "ginagamit agad ang panggapas"** Ito ay isang talinghaga para sa pag-aani sa huling-panahon. Iyon ay tumutukoy sa araw ng kahatulan (cf. Joel 3:13; Mateo 3:12; 13:30).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 4:30-32

**30 At kaniyang sinabi, Sa ano natin itutulad ang kaharian ng Diyos? o sa anong talinghaga isasaysay natin ito? 31 Ito'y tulad sa butil ng binhi ng mustasa, na pagkahasik sa lupa, bagama't siyang lalong pinakamaliit sa lahat ng mga binhi na nangasa lupa, 32 Gayon ma'y pagkatanim, ay tumataas, at lumalaki ng higit kay sa lahat ng mga gulay, at nagsasanga ng malalabay; ano pa't ang mga ibon sa langit ay mangakasisilong sa kaniyang lilim.**

**4:30** Ito ay kaagapay sa Mateo 13:31-32.

**4:31 "butil ng binhi ng mustasa"** Ang mga rabbi ay sinasabing iyon ang pinakamaliit sa mga binhi. Ngunit ang palupong ay tumutubo ng lagpas sa labindalawang talampakang taas. Ang talinghags nito ay kaagapay ang isa sa itaas. Ang espiritwal na paglago ay maaaring magsimula nang maliit, ngunit ang mga bunga ay napakalaki! Habang lumalago ang binhi ng ebanghelyo sa puso ng isang tao sa pagiging wangis ni Kristo, gayun din, ang kaharian ng Diyos ay lumalago sa isang unibersal na kaharian (cf. Mateo 13:33).

**4:32** Ang dulo ng talatang ito ay maaaring isang pagkabanggit sa malalaking puno sa mga teksto ng OT ng Ezekiel 17:22-24 at Daniel 4:11-12 na nagpapakilala ng isang kaharian.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 4:33-34

**33 At sa pamamagitan ng gayong maraming talinghaga ay sinasaysay niya sa kanila ang salita, ayon sa makakaya ng kanilang pakinig; 34 At hindi sila kinakausap kundi sa talinghaga: datapuwat sa kaniyang sariling mga alagad ay bukod na ipinaliliwanag ang lahat ng mga bagay.**

**4:33 "sa pamamagitan ng gayong maraming talinghaga ay sinasaysay niya sa kanila ang salita"** Isang maliit bahagi lamang ng pasalitang ministeryo ni Hesus ang ating naitala (cf. Juan 21:25). Lahat tayo ay nagnanais na mayroon tayong mas mas maraming mga katuruan at mga gawa ni Hesus (cf. Juan 20:30), ngunit kailangan nating maunawaan na ating nang taglay ang lahat ng baya na kailangan natin upna malaman ang tungkol sa Diyos, kasalanan, buhay, kamatayan, atbp. (cf.

Juan 20:31). Tayo ay dapat kumilos sa kung anog ang pinagkaloob sa atin. Ang dalawang mga talata ay kaagapay sa Mateo 13:33-35.

▣ **"ayon sa makakaya ng kanilang pakinig"** Ito ay tumutukoy sa kanilang espiritwal na kahandaan sa pagtanggap (cf. vv. 9,23). Ang mga mananampalataya ngayon ay nakikinabang na sa panananahan ng Banal na Espiritu upang tulungan tayon maunawaan ang mga salita ni Hesus.

**4:34** Ito nagpapakilala ang mga nakalipas na kapahayagan ng 4:10-12 at 13.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 4:35-41

**[35]At nang araw ding yaon, nang gabi na, ay sinabi niya sa kanila, Tumawid tayo sa kabilang ibayo. [36]At pagkaiwan sa karamihan, ay kanilang dinala siya sa daong, ayon sa kaniyang kalagayan. At mayroon siyang kasamang ibang mga daong. [37]At nagbangon ang isang malakas na bagyo, at sinasalpukan ang daong ng mga alon, na ano pa't ang daong ay halos natitigib. [38]At siya ay natutulog sa hulihan sa ibabaw ng kutson; at siya ay ginising nila, at sinabi sa kaniya, Guro, wala bagang anoman sa iyo na mapahamak tayo? [39]At gumising siya, at sinaway ang hangin, at sinabi sa dagat, Pumayapa, tumahimik ka. At humimpil ang hangin, at humusay na totoo ang panahon, [40]At sinabi niya sa kanila, Bakit kayo nangatakot? wala pa baga kayong pananampalataya? [41]At sila ay nangatakot na lubha, at sila-sila ay nangagsasabihan, Sino nga ito, na pati ng hangin at ng dagat ay tumatalima sa kaniya?**

**4:35-41** Ito ay nagsisimula ng isang mahabang konteksto ng mga himala, 4:35-8:26. Pinatunayan ni Hesus ang Kaniyang mensahe sa pamamagitan ng pagpapakita ng Kaniyang kapangyarihan. Ang tiyak na pangyayaring ito ay kaagapay sa Mateo 8:18,23-27 at Lucas 8:22-25.

**4:36** Ang talatang ito ay may maraming di-karaniwang mga katangian na hindi matatagpuan sa mga kaagapay.

1. Ano ang kahulugan ng "ayon sa kaniyang kalagayan"? Ang TEV ay isinasalin iyon sa "ang mga alagad ay pumasok sa daong kung saan nakaupo na si Hesus." Ito ay tila ang pinakamabuting opsyon.
2. Ano ang tumutukoy sa "ibang mga daong na kasama Niya"? Ang apostolikong pangkat ba ay nasa maraming maliit na mga daong o may iba pang mga daong na nakasama sa bagyo?

Maliwanag na mayroong mga detalye mula sa saksi (i.e., kay Pedro), ngunit kanilang layunin at mga kahihinatnan ay di-tiyak.

**4:37 "At nagbangon ang isang malakas na bagyo"** Ang biglaang marahas na mga bagyo ay karaniwang sa Dagat ng Galilea dahil sa mga nakapalibot na mga burol at ang kanilang kinalalagyan ay nasa ibaba ng kapatagan ng dagat. Ang talang itoga ay tiyakang isang natinding bagyo dahil kahit na ang mga batikang mangingisda na kasama nila ay natakot.

**4:38** Ang pangyayaring ito ay maliwanag na ginamit upang ipakita ang kahinahunan ni Hesus at ang pagkatakot ng mga alagad sa kasalukuyang mga pangyayari. Ang tanong tungkol sa pagkalinga ni Hesus ay pangkalahatan. Kung ang Diyos ay mapagmahal at makapangyarihan sa lahat, bakit nakakaharap ang mga mananampalataya ng mga mapanganib na pagsubok ng buhay?

▣ **mapapahamak"** Tingnan ang Natatanging Paksa: *Apollumi* at 3:6.

**4:39** Makapangyarihan nitong ipinapakita ang kapangyarihan at awtoridad ni Hesus—kahit na ang mga walang-buhay na lakas ng kalikasan ay sumusunod sa Kaniya.

▣ **"Pumayapa, tumahimik ka"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS na sinusundan ng isang GANAP NA BALINTIYAK NA PAUTOS. Si Hesus, bilang kinatawan ng Diyos sa paglalang (cf. Juan 1:3,10; I taga-Corinto 8:6; taga-Colosas 1:16; Hebreo 1:2), ay mayroon sa nakalipas, at mayroon sa kasalukuan, kapangyarihan sa mga iyon (cf. Mga Awit 33:7; 65:2; 147:18).

**4:40** Ito ay isang mabuting tanong para sa lahat ng mga mananampalataya sa bawat kalagayan. Tinuruan ni Hesus ang Kaniyang mga alagad sa pamamagitan ng salita at gawa.

**4:41** Ang talatang ito maliwanag na nagpapakita ng teolohikong kasanggulan ng mga Apostol. Ang konteksto ay pinag-iiba ang maraming mga uri ng kawalang-pananampalataya: (1) sa Kaniyang pamilya; (2) sa mga pang-relihiyong pinuno; at (3) sa mga alagad. Ang mga bilang 1 at 3 ay lumalaki sa espiritwal. Ang kanilang kawalang-pananampalataya ay batay sa kamangmangan, ngunit ang bilang 2 ay sinasadya. Sila ay binigyan ng tanda pagkatapos ng tanda, katotohanan pagkatapos ng katotohanan, ngunit dahil sa mga paunang pagkiling ng mga pang-relihiyong pinuno hindi lamang nila itinanggi ang manampalataya, ngunit ipinaratang ang mga gawa at mga katuruan ni Hesus sa kapangyarihan ni Satanas!

Ito ay ang hindi mapapatawad na kasalanan!

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit lubhang mahalaga ang talinghaga o parabulang ito (vv. 3-5) sa pagpapaliwanag ng lahat ng iba pa?
2. Paano tinitingnan sa talatang ito ang kaugnayan sa pagitan pagigin-soberano ng Diyos at malayang pagpili ng tao?
3. Ibigay ang sentrong katotohanan ng mga ito:
   a. vv. 21-23
   b. vv. 24-25
   c. vv. 28-29
   d. vv. 30-32
4. Ano ang saligang katotohanan ng lahat ng mga talinghagang ito? (Tandaan ang konteksto)
5. Itala ang tatlong mga pangkat sa kontekstong ito na hindi nanampalataya.

# MARCOS 5

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Pagpapagaling ng Gadareno na Sinapian ng Demonyo | Napagaling ang Taong Sinapian ng Demonyo | Ang Gadarenong Sinapian ng Demonyo | Pinagaling ni Hesus ang May Masamang Espiritu | Ang Gadarenong Sinapian ng Demonyo |
| 5:1-10 | 5:1-20 | 5:1-13 | 5:1-5 | 5:1-20 |
| | | | 5:6-8 | |
| | | | 5:9a | |
| | | | 5:9b-10 | |
| 5:11-20 | | | 5:11-13 | |
| | | 5:14-20 | 5:14-16 | |
| | | | 5:17 | |
| | | | 5:18 | |
| | | | 5:19 | |
| | | | 5:20 | |
| Anak ni Jairo at ang Babaeng Humipo sa Damit ni Hesus | Babaeng Nabuhay at isang Babaeng Napagaling | Nabuhay ang Anak na Babae ni Jairo | Anak ni Jairo at ang Babaeng Humipo sa Damit ni Hesus | Pinagaling ang Babaeng Nagdurugo-Binuhay ang Anak na Babae ni Jairo |
| 5:21-24a | 5:21-43 | 5:21-24a | 5:21-23 | 5:21-24 |
| | | | 5:24 | |
| 5:24b-34 | | 5:24b-34 | | |
| | | | 5:25-28 | 5:25-34 |
| | | | 5:29-30 | |
| | | | 5:31 | |
| | | | 5:32-34 | |
| 5:35-43 | | 5:35-43 | 5:35 | 5:35-43 |
| | | | 5:36-39 | |
| | | | 5:40-41 | |
| | | | 5:42-43 | |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng pagpapaliwanag. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Pangatlong talata

4. Atbp.

## MGA KAUNAWAANG KONTEKSTWAL SA 5:1-43

Ang kabanatang ito ay binalangkas upang ipakita isang karaniwang araw sa buhay ni Hesus sa panahong ito ng pangmadlang yugto ng Kaniyang ministeryo. Ang kapangyarihan at awtoridad ni Hesus at awtoridad ay ipinakita sa pamamagitan ng

A. Ang sinapian ng demonyo sa Gadara, kaagapay sa Mateo 8:28-34 at Lucas 8:26-39
Ang mga talatang 1-20 (Nagpapakita ng kapangyarihan ni Hesus sa espiritwal na kaharian)

B. Ang anak na babae ni Jairo, kaagapay sa Mateo 9:18-19,23-26 at Lucas 8:40-42,49-56
Ang mga talatang 21-24, 35-43 (Nagpapakita ng kapangyarihan ni Hesus sa kamatayan)

C. Babaing dinudugo, kaagapay sa Mateo 9:20-22 at Lucas 8:43-48
Ang mga talatang 25-34 (Nagpapakita ng kapangyarihan ni Hesus sa sakit)

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 5:1-13

**[1]At nagsidating sila sa kabilang ibayo ng dagat sa lupain ng mga Gadareno. [2]At paglunsad niya sa daong, pagdaka ay sinalubong siya na galing sa mga libingan ng isang lalake na may isang karumaldumal na espiritu, [3]Na tumatahan sa mga libingan: at sinoma'y hindi siya magapos, kahit ng tanikala; [4]Sapagkat madalas na siya ay ginapos ng mga damal at mga tanikala, at pinagpatidpatid niya ang mga tanikala, at pinagbabalibali ang mga damal: at walang taong may lakas na makasupil sa kaniya. [5]At palaging sa gabi't araw, ay nagsisisigaw sa mga libingan at sa mga kabundukan, at sinusugatan ang sarili ng mga bato. [6]At pagkatanaw niya sa malayo kay Hesus, ay tumakbo at siya ay kaniyang sinamba; [7]At nagsisisigaw ng malakas na tinig, na kaniyang sinabi, Ano ang pakialam ko sa iyo, Hesus, ikaw na Anak ng Diyos na Kataastaasan? kita'y pinamamanhikan alangalang sa Diyos, na huwag mo akong pahirapan. [8]Sapagkat sinabi niya sa kaniya, Lumabas ka sa taong ito, ikaw na karumaldumal na espiritu. [9]At tinanong niya siya, Ano ang pangalan mo? At sinabi niya sa kaniya, Pulutong ang pangalan ko; sapagkat marami kami. [10]At ipinamamanhik na mainam sa kaniya na huwag silang palayasin sa lupaing yaon. [11]At sa libis ng bundok na yaon ay may isang malaking kawan ng mga baboy na nagsisipanginain. [12]At nangamanhik sila sa kaniya, na nagsisipagsabi, Paparoonin mo kami sa mga baboy, upang kami ay magsipasok sa kanila. [13]At ipinahintulot niya sa kanila. At ang mga karumaldumal na espiritu ay nangagsilabas, at nangagsipasok sa mga baboy: at ang kawan ay napadaluhong sa bangin hanggang sa dagat, na sila ay may mga dalawang libo; at sila ay nangalunod sa dagat.**

**5:1 "nagsidating sila sa kabilang ibayo ng dagat"** Iyon ay maaaring gabi pa rin (cf. 4:35). Ang mga alagad ay kailangang sagwanin ang daong yamang lubusang pinatahimik na ni Hesus ang hangin.

▣ **"sa lupain ng mga Gadareno"** Ito ay ang hilagang-silangang sulok ng Dagat ng Galilea, na tinatawag na Decapolis. Ang lugar na ito ay karamihang Hentil at lubhang Helenistiko. Ang mga Sinoptikong Ebanghelyo ay nagkakaiba sa pagbabaybay: Gerasa (MSS א*, B, D, at Lucas 8:26), Gergesa (MSS א$^2$, L), Gergusta (MS W), o Gadara (MSS A, C, at Mateo 8:28). Ang lahat ng ito ay mga bayan sa lugar na ito.

**5:2 "paglunsad niya"** Maaaring narinig ng mga alagad ang pagsigaw (v. 5) at nalulugod na hayaang mauna si Hesus!

▣ **"pagdaka"** Tingnan ang tala sa 1:10.

▣ **"isang lalaki"** Ang Mateo 8:28ff ay may dalawang lalaki. Ang Mateo rin ay may dalawang bulag na lalaki sa labas ng Jerico (cf. Mateo 20:29; Marcos 10:46; Lucas 18:35). Ito ay isang katangian ng Ebanghelyo ni Mateo. Ang Marcos at Lucas ay nagkakaisa na mayroon lamang isang sinapian ng demonyo (cf. Lucas 8:26ff). Para sa karagdagang pagtalakay tingnan ang *Hard Sayings of the Bible* pp. 321-322.

**“galing sa mga libingan ng isang lalake na may isang karumaldumal na espiritu”** Ito ay isang malinaw tala ng pagsanib ng demonyo. Ang NT ay hindi tinatalakay ang pinagmulan ng demonyo o ang detalyadong mga pamamaraan kung paano makikitungo sa kanila kanila. Ang pagpapaalis ng demonyo ay hindi nakatala bilang isang kaloob ng Espiritu. Tingnan ang Natatanging Mga Paksa: Ang Demonyo at Pagpapaalis ng Demonyo sa 1:25.

**5:3 “tumatahan sa mga libingan”** Sila ay napadpad sa lugar ng isang lokal na libingan. Ang lokal na mga tao ay tinaboy ang isang sinapiang luko-luko sa malayong lugar na ito. Iyon ang kaniyang naging tahanan.

**“sinoma'y hindi siya magapos”** Siya ay mayroong higit sa karaniwang kalakasan.

**5:4 “madalas na siya'y ginapos ng mga damal at mga tanikala”** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA PAWATAS. Tila ang ang mga tao ng bay ay tinangkang igapos siyo. Siya ay isang kilalang-kilala na lokal na suliranin.

**“pinagpatidpatid niya ang mga tanikala”** Ito rin ay nagpapakita ng kaniyang higit sa karaniwang kalakasan.

**5:5 “nagsisisigaw. . . sinusugatan ang sarili ng mga bato”** Ang kaugaling ito ay maiuugnay sa mga kapahayaga ng sariling pagkawasak o sa mga kasanayan sa OT ng paganong pagsamba (cf. I Mga Hari 18:28). Ang paglalarawang impormasyon tungkol sa sa palagiang pag-uugali ng taong ito ay nagmula sa mga kanayon.

**5:6 “tumakbo at siya'y kaniyang sinamba”** Ang unang termino na nagpapahiwatig ng pagkasalungat. Ang pangalawa ay nagpapahiwatig paggalang at pagtanggap ng kalagayan at awtoridad ni Hesus (cf. v. 4b).

**5:7 “nagsisisigaw ng malakas na tinig, na kaniyang sinabi, Ano ang pakialam ko sa iyo, Hesus, ikaw na Anak ng Diyos na Kataastaasan?”** Ang isa sa mga demonyo ay nagsasalita kay Hesus. Kilala nila kung sino Siya (cf. 1:23; Santiago 2:19). Sinasabihan pa nga nila Siya na may isang pang-Mesias na parirala. Sa pagkakataong ito, ang kanilang layunin ay pagkatakot (di tulad ng 1:23).

**“pinamamanhikan kita alangalang sa Diyos”** Ito ay isang Hebreong wikain na nangangahulugang “manumpa sa Diyos.”

**“huwag mo akong pahirapan”** Ito sa gramatika ay alinman sa isang AORIST TAHAS NA PASAKALI ng pagbabawal o isang AORIST TAHAS NA PASAKALI na gumaganap bilang isang AORIST TAHAS NA PAUTOS, na nagpapahiwatig na “huwag simula ang isang pagkilos” (cf. Barbara at Timothy Friberg, *Analytical Greek New Testament*, p. 120). Ang demonyo ay nalalaman ang kahatulan ay pagdating (cf. 1:23-24; Mateo 25:41; Pahayag 12:9; 20:10). Ang mga kaagapay sa Mateo 8:29 at Lucas 8:28 at 31 ay nagpapahiwatig din ng eskatolohikong kahatulan. Ang mga demonyo na tila hindi nalalaman ang tungkol sa dalawang mga pagdating ng Mesias. Kahit na “mga espiritu” ay maaaring magdusa!

**5:8,9 “sinabi niya sa kaniya”** Ang DI-GANAP NA PANAHUNAN ay ginamit na pangunahin sa dalawang mga paraan: (1) inulit na pagkilos sa nakalipas na panahon o (2) ang pagsisimula ng isang pagkilos sa nakalipas na panahon. Sa kontekstong ito taking #2 ay mukhang umaakma. Gayunman, kung ang ayos ng mga kapahayagan ni Hesus sa demonyo ay sunod-sunod na ayos, ngayon, ang #1 maaaring gamitin. Si Marcos ay maaaring gumagamit ng panahunan sa isang palasak na paraan dahil ang katulad na panahunan ay nasa v. 10 din.

**5:9 “Ano ang pangalan mo”** Ang tanong na ito ay maaaring isang Hebraikong wikain at tumutukoy sa kanilang mga katangian.

**“Pulutong”** Sa Romanong hukbo, ang 6,000 mga kawal ay bumubuo ng isang Pulutong. Ito ay isa pang maraming Latin na mga termino na ginamit sa Marcos. Ito ay maaaring isang talinghaga sa antas ng kanilang pamamahala sa tao. Gayunman, dahil sa v. 13, na naglalarawan sa demonyo na nagdulot ng kamatayan ng 2,000 mga baboy, iyon ay maaaring literal.

**5:10 “sa lupaing yaon”** Ito ay maaaring tumutukoy sa (1) ang lugar ng mga libingan; (2) ang distrito ng Decapolis; o (3) maaaring sa Abyss, na naitala sa talinghaga ng Lucas 8:31. Ang kaagapay sa Mateo ay may “na nauna sa itinakdang panahon” (cf. Mateo 8:29).

**25:11** Ang kawan ng mga baboy ay nagpapakita na iyon ay isang Hentil na lugar.

**5:12 “Paparoonin mo kami sa mga baboy”** Pansinin na ang mga demonyo ay humiling kay Hesus. Ang teksto ay hindi sinasabi sa atin kung bakit pinanhintulutan ni Hesus ang mga demonyong ito na pumunta sa mga baboy o bakit nila ninais. Maaaring ang mga demonyo na lumilisan sa tao at pumapasok sa mga baboy ay isang nakikitang paraan upang palakasin ang kalooban ng tao na manampalataya na siya ay pinalaya (i.e., isang makikitang pantulong, katulad sa paglalagay ng

laway at putik sa bulag na mata). Ang mga demonyo ay maaaring hiniling iyon dahil (1) mas gusto nila sa mga baboy kaysa sa abyss o (2) ang pagkilos na ito ay magdudulot sa mga taong-bayan na paalisin si Hesus. Ang mga demonyo ay hindi gumagawa ng mga para tulungan si Hesus!

**5:13 "sila ay nangalunod"** Ito ay DI-GANAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG. Sila ay tumakbo sa talampas nang paisa-isa!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 5:14-20**

**[14]At nagsitakas ang mga tagapagalaga ng mga yaon, at ibinalita sa bayan, at sa mga bukid. At nagsiparoon ang mga tao upang makita kung ano ang nangyari. [15]At nagsiparoon sila kay Hesus, at nakita nila ang inalihan ng mga demonyo na nakaupo, nakapanamit at matino ang kaniyang pagiisip, sa makatuwid baga'y siyang nagkaroon ng isang pulutong: at sila ay nangatakot. [16]At sinabi sa kanila ng nangakakita kung paanong pagkapangyari sa inalihan ng mga demonyo, at tungkol sa mga baboy. [17]At sila ay nangagpasimulang magsipamanhik sa kaniya na siya ay umalis sa kanilang mga hangganan. [18]At habang lumululan siya sa daong, ay ipinamamanhik sa kaniya ng inalihan ng mga demonyo na siya ay ipagsama niya. [19]At hindi niya itinulot sa kaniya, kundi sa kaniya'y sinabi, Umuwi ka sa iyong bahay sa iyong mga kaibigan, at sabihin mo sa kanila kung gaano kadakilang mga bagay ang ginawa sa iyo ng Panginoon, at kung paanong kinaawaan ka niya. [20]At siya ay yumaon ng kaniyang lakad, at nagpasimulang ihayag sa Decapolis kung gaanong kadakilang mga bagay ang sa kaniya'y ginawa ni Hesus: at nangagtaka ang lahat ng mga tao.**

**5:14 "At nagsiparoon ang mga tao upang makita kung ano ang nangyari"** Ang pagkamausisa at pagkatakot ay nag-uudyok sa mga tao ng bayan na lumapit, kahit na sa gabi.

**5:15 "na nakaupo"** Ito ay ang unang sa isang kalipunan ng mga kalagayan na naglalarawa ng bagong kapayapaan at kahinahunan ng taong ito.

▣ **"nakapanamit"** Ito ay nagpapahiwatig siya ay karaniwang hindi nakadamit (cf. Lucas 8:27).

▣ **"matino ang kaniyang pag-iisip"** Ang pagsabi ng demonyo ay inihahayag ang sarili sa maraming mga paraan

1. hindi makapagsalita (Marcos 9:17,25; Mateo 9:32)
2. hindi makapagsalita o makakita (Mateo 12:22)
3. epilepsiya (Mateo 17:15,18)
4. matinding kalakasan (Marcos 5:3-4)
5. mga pangingisay (Marcos 1:26; 9:20)
6. pagkalumpo (Mga Gawa 8:17)

Gayunman, hindi lahat ng pisikal na mga suliranin ay demonyo ang pinagmulan. Sa mga Ebanghelyo, ang sakit at pagsapi ay kadalasang pinag-iiba (cf. Marcos 1:32,34; 6:13; Mateo 4:24; 10:8; Lucas 4:40-41; 9:1; 13:32).

**5:17 "sila ay nangagpasimulang magsipamanhik sa kaniya na siya'y umalis sa kanilang mga hangganan"** Ito ay isang AORIST PANGGITNANG MAY PAHIWATIG at isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAWATAS. Ang patangging ito ay isang maaaring dahilan ng mga demonyo na nagnanais na pumasok sa mga baboy! Ang mga taong-bayan ay ninais ang Isa na nagpatahimik sa tao na none ng wala sa kanila ay nananahimik sa pag-alis. Gaano kaiba ang nayon ng Juan 4. Tila ang mga pang-ekonomiyang alalahanin ay mas higit sa pagpapanumbalik ng taong ito.

**5:19 "Umuwi ka sa iyong bahay sa iyong mga kaibigan"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS. Si Hesus ay sinasabi sa kaniyang umuwi sa bahay. Nalalaman ni Hesus ang presensiya ng isang tila Hentil tagasunod na magpapalayo ng ilang Hudyo. Sa pamamalagi, si Hesus ngayon ay mayroong isang saksi sa Hentil na lugar na ito. Siya ay nangangalinga din sa mga materyalistang ito!

▣ **"at sabihin mo sa kanila"** Ito ay isang AORIST TAHAS NA PAUTOS. Ibahagi sa iyong mga tao kung ano ang ginawa sa iyo ng Diyos. Tila ginawa niya ito nang mabuti (cf. v. 20). Ito ay nagpapakita ng pagkalinga ni Hesus para sa mga Hentil.

**5:20 "Decapolis"** Ang Griyegong salita ay nangangahulugang "sampung lungsod." Iyon ay isang alyansa pabalik sa panahon ng Alejandro ang Dakila. Ang rehiyong ito ay hilaga ng Perea at silangan ng Dagat ng Galilea. Iyon ay isang tuluyan ng Helenistikong kultura.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 5:21-24**

**[21]At nang si Hesus ay muling makatawid sa daong sa kabilang ibayo, ay nakipisan sa kaniya ang lubhang maraming tao; at siya ay nasa tabi ng dagat. [22]At lumapit ang isa sa mga pinuno sa sinagoga, na nagngangalang**

**Jairo; at pagkakita sa kaniya, ay nagpatirapa siya sa kaniyang paanan, [23]At ipinamamanhik na mainam sa kaniya, na sinasabi, Ang aking munting anak na babae ay naghihingalo: ipinamamanhik ko sa iyo, na ikaw ay pumaroon at ipatong mo ang iyong mga kamay sa kaniya, upang siya ay gumaling, at mabuhay. [24]At siya ay sumama sa kaniya; at sinundan siya ng lubhang maraming tao; at siya ay sinisiksik nila.**

**5:22 "ang isa sa mga pinuno sa sinagoga, na nagngangalang Jairo"** Kaniyang pangalan ay nangangahulugang "YHWH ang nagpapaliwanag." Ang taong ito ay may katungkulan sa mga administratibong gawain tulad ng pagpapanatili ng isang gusali ng sinagoga gusali. Siya ay maaaring isang tao na may katatayuang pang-relihiyon sa komunidad.

▣ **"nagpatirapa siya sa kaniyang paanan"** Ito ay isang pagkilos ng paggalang gayundin ang pagsamba (cf. 5:6,22,33 kung saan magkaibang mga salita ay ginamit, ngunit ang katulad na pagkilos). Isang Silanganing pinuno ay nagpatirapa sa daan sa harapan ng di-opisyal na rabbi ay lubhang di-inaasahan!

▣ **"Ang aking munting anak na babae ay naghihingalo"** Ang Mateo 9:18 ay nagsasabing siya ay namatay. Ang taong ito ay naniniwala na ang presensya at paghipo ni Hesus ay makapagpapagaling/mapagpapanumbalik ng kaniyang anak na babae.

**5:23**
**NASB, TEV "siya ay gumaling"**
**NKJV "siya ay malunasan"**
**NRSV "siya ay umigi"**
**NJB "siya ay maligtas"**

Ito ay isang AORIST BALINTIYAK NA PASAKALI ng terminong *sōzō*, na ginamit sa kaunawaan nito sa OT ng pisikal na pagpapalaya (cf. Santiago 5:15). Sa NT iyon ay naging kaunawaan ng espiritwal na kaligtasan. Iyon sa teolohiya ay di-tiyak kung ang lahat ng mga taong pinagaling ni Hesus ay naligtas sa espiritwal. Ang Kaniyang mga gawa ay maaaring nagsimula isang proseso na hahantong kinalaunan sa espiritwal na buhay ng tao at hindi naitala sa Banal na Kasulatan. Bilang isang halimbawa, tingnan ang kabanatang ito, kung saan ang pananampalataya ng sinapian ng demonyo ay makikita pagkatapos niya mapagaling, hindi nauna. Ang batag babae ay natulungan dahil sa pananampalataya ng kaniyang ama at ang babae na may suliranin sa pagdurugo ay pinarapat na gawing madumi sa seremonya si Hesus sa isang makasariling (kahit na mapamahiin) pagkilos ng paghipo sa isang rabbi. Saan nagwawakas ang sariling kapakanan at nagsisimula ang pananampalataya?

**5:24 "siya ay sinisiksik"** Ang Lucas 8:42 ay idinagdag na ang siksikan ng karamihan ng tao ay napakadami na iyon ay nasa punto na mahirap huminga.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 5:25-34

**[25]At isang babae na may labingdalawang taon nang inaagasan, [26]At siya ay napahirapan na ng maraming bagay ng mga manggagamot, at nagugol na niya ang lahat niyang tinatangkilik, at hindi gumaling ng kaunti man, kundi bagkus pang lumulubha siya, [27]Na pagkarinig niya ng mga bagay tungkol kay Hesus, ay lumapit siya sa karamihan, sa likuran niya, at hinipo ang kaniyang damit. [28]Sapagkat sinasabi niya, Kung mahipo ko man lamang ang kaniyang damit, ay gagaling ako. [29]At pagdaka ay naampat ang kaniyang agas; at kaniyang naramdaman sa kaniyang katawan na magaling na siya sa salot niya. [30]At si Hesus, sa pagkatalastas niya agad sa kaniyang sarili na may umalis na bisa sa kaniya, ay pagdaka ay pumihit sa karamihan at nagsabi, Sino ang humipo ng aking mga damit? [31]At sinabi sa kaniya ng kaniyang mga alagad, Nakikita mong sinisiksik ka ng karamihan, at sasabihin mo, Sino ang humipo sa akin? [32]At lumingap siya sa palibotlibot upang makita siya na gumawa ng bagay na ito. [33]Nguni't ang babae na natatakot at nangangatal, palibhasa'y nalalaman ang sa kaniya'y nangyari, lumapit at nagpatirapa sa harap niya, at sinabi sa kaniya ang buong katotohanan. [34]At sinabi niya sa kaniya, Anak, pinagaling ka ng pananampalataya mo; yumaon kang payapa, at gumaling ka sa salot mo.**

**5:25 "labingdalawang taon nang inaagasan"** Ito ay ginawa siyang madumi sa seremonya (cf. Levitico 15:25-27) at, samakatuwid, ay inihiwalay siya mula sa lahat ng mga anyo ng Hudyong pagsamba (i.e., sinagoga at templo).

**5:26 "at siya ay napahirapan na ng maraming bagay ng mga manggagamot"** Si Lucas, ang manggagamot, ay tinanggal ang punang ito sa Lucas 8:43ff.

▣ **"nagugol na niya ang lahat niyang tinatangkilik, at hindi gumaling ng kaunti man"** Ang pang-Hudyang lunas para sa suliraning ito na nakatala sa ang Talmud ay (1) pagdadala ng mga abo ng isang itlog ng ostrich sa isang piraso ng tela nakapalibot sa leeg ng tao sa tag-init at sa isang kotton na basahan sa taglamig o (2) sa pagdadala ng mais na *barley* mula sa dumi ng isang puting babaeng asno (cf. Shabb. 110 A & B).

**5:27 "hinipo ang kaniyang damit"** Maaaring ang kaniyang hinipo ay ang Kaniyang balabal pampanalangin, na ginamit ng mga lalaki para sa pagtakip ng kanilang mga ulo sa panahon ng pagsamba. Iyon ay tinawag na Tallith (cf. Bilang 15:38-40; Deuteronomio 22:12). Para sa isang babaeng madumi sa seremonya na hipuin ang isang rabbi ay isang di-karapatdapat na pagkilos. Ang babaeng ito ay desperado!

**5:30 "agad"** Tingnan ang tala sa 1:10.

**"si Jesus, sa pagkatalastas niya agad sa kaniyang sarili"** Ang tiyak na kalikasan ng kapangyarihang ito ay di-tiyak. Iyon ay maliwanag na mula sa Diyos (cf. Lucas 5:17). Naramdaman ni Hesus ang epekto nito. Si Hesus ay may kakayahang ipagkaloob ito sa iba sa mga misyon ng Labindalawa at ang pitumpu.

**"na may umalis na bisa sa kaniya"** Sinisipi ng Mateo 8:17 ang Isaias 53:4 na ang Mesias ay pagagalingin tayo dahil Kaniyang dinala ang ating mga kasalanan.

**"Sino ang humipo ng aking mga damit"** Mayroong napakaraming tao (cf. v. 31). Ang Mateo 9:20 ay may "palawit." Ang balabal pangpanalangin ay mayroong labingtatlong asul na mga palawit, na paggunita sa Kautusan ni Moises.

**5:32 "At lumingap siya sa palibotlibot"** Ito ay DI-GANAP NA PANAHUNAN na nagpapahiwatig na Siya nagsimulang siyasatin ang karamihan ng tao. Sa pagkakataong ito, si Hesus ay hindi nabigyang kabatiran nang higit sa karaniwan tungkol sa o ano ang nangyari. Maaaring ang tanong ay nauukol sa babae (i.e., isang pagkakataon na ihayag ang kaniyang pananampalataya madla).

**5:33 "natatakot at nangangatal"** Ang mga kababaihan ay mayroong mababang antas sa lipunan. Siya ay nag-aatubili na magsalita sa madla. Nalalaman niya rin na yamang siya ay madum sa seremoniya, siya ay hindi pinahihintulutang hipuin ang isang rabbi.

**5:34 "'Anak'"** Ang mga katuruan ni Hesus ay naghahayag ng malalim na katotohanan na ang mga taong nilalang, sa pamamagitan ng pananampalataya kay Hesus, ay maaaring maging miyembro ng pamilya ng Diyos. Ang kaligtasan ay ay inilalarawan sa kapanganakan o ligal na mga termino, na nagpapakita ng isang pampamilyang kaugnayan. Anong makapangyarihang mga talinghaga para sa Kristiyanong karanasan!

**"'inagaling ka ng pananampalataya mo'"** Hindi sa kaniyang paghipo, ngunit sa pagkilos ng kaniyang pananampalataya sa Kaniya ang susi. Ang pananampalataya mismo ay hindi ang isyu, ngunit ang layon ng pananampalataya (i.e., Hesus). Walang mahiwaga dito, o iyon ang kapangyarihan ng positibong pag-iisip, ngunit ang kapangyarihan ni Hesus. Ito ay isa pang paggamit ng Griyegong *sōzō* sa kaunawaan nito sa OT (cf. v. 23). Dito, iyon ay isang GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG, na nagpapahiwatig na siya ay gumaling at nanatiling magaling sa pisikal na suliranin.

**"'yumaon kang payapa, at gumaling ka sa salot mo'"** Ang mga ito ay kapwa PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MGA PAUTOS. Ang terminong kapayapaan (*eirēnē*) ay may kahulugan ng pagkabuo at kapakanan, hindi lamang kawalan ng mga suliranin. Ang terminong "dalamhati" ay mula sa ugat na "paluin."

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 5:35-43

**35 Samantalang nagsasalita pa siya, ay may nagsidating na galing sa bahay ng pinuno sa sinagoga, na nagsasabi, Patay na ang anak mong babae: bakit mo pa binabagabag ang Guro? 36 Datapuwa't hindi pinansin ni Hesus ang kanilang sinasalita, at nagsabi sa pinuno ng sinagoga, Huwag kang matakot, manampalataya ka lamang. 37 At hindi niya ipinahintulot na sinoma'y makasunod sa kaniya, liban kay Pedro, at kay Santiago, at kay Juan na kapatid ni Santiago. 38 At nagsidating sila sa bahay ng pinuno sa sinagoga; at napanood niya ang pagkakagulo, at ang nagsisitangis, at nangagbubuntong-hininga ng labis. 39 At pagkapasok niya, ay kaniyang sinabi sa kanila, Bakit kayo ay nangagkakagulo at nagsisitangis? hindi patay ang bata, kundi natutulog. 40 At tinatawanan nila siya na nililibak. Datapuwa't, nang mapalabas na niya ang lahat, ay isinama niya ang ama ng bata at ang ina nito, at ang kaniyang mga kasamahan, at pumasok sa kinaroroonan ng bata. 41 At pagkahawak niya sa kamay ng bata, ay sinabi niya sa kaniya, Talitha cumi; na kung liliwanagin ay, Dalaga, sinasabi ko sa iyo, Magbangon ka. 42 At pagdaka ay nagbangon ang dalaga, at lumakad: sapagkat siya ay may labingdalawang taon na. At pagdaka ay nangagtaka silang lubha. 43 At ipinagbilin niya sa kanilang mahigpit, na sinoman ay huwag makaalam nito: at kaniyang ipinagutos na siya ay bigyan ng pagkain.**

**5:35 "'patay na'"** Ito ay AORIST TAHAS NA MAY PAHIWATIG. Tiyak ko na si Jairo ay lubhang walang pagtitiis! Ito ay tila isang pagsubok sa kaniyang pananampalataya o isa pang halimbawa ng kapangyarihan ni Hesus at awtoridad.

**5:36**

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"datapuwat hindi pinansin ang kanilang sinasalita"** |
| **NKJV** | **"pagkatapos na marinig ni Hesus ang sinabi"** |
| **NRSV, NJB** | **"hindi pinansin ang kanilang sinabi"** |
| **TEV** | **"hindi pinansin ni Hesus ang kanilang sinabi"** |
| **NIV** | **"binaliwala ang kanilang sinabi"** |

Ang Griyegong ugat ay nangangahulugang "pakinggan na walang ingat." Iyon ay maaaring nauunawaan bilang "iwalang-bahala" o "maulinigan." Ang terminong ito ay lubhang hindi tiyak na ang mga sinaunang mga eskriba ay binago iyon sa terminong "pakinggan" (cf. MSS א[a], A, C, D, at K), na matatagpuan sa kaagapay sa Lucas, 8:50.

▣ **"'Huwag kang matakot'"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PAUTOS na may isang SALUNGAT NA KATAGA na kadalasang nangangahulugang paghinto sa isang pagkilos na nagpapatuloy. Ang kasalungat ng pagkatako ay pananampalataya!

▣ **"'manampalataya ka lamang'"** Ito ay ng isa pang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS. Ito ay isang karaniwan, ngunit napakahalaga, na kapahayagan (cf. Mga Gawa 16:31).

**5:37 "hindi niya ipinahintulot na sinoman ay makasunod sa kaniya"** Bakit pagkakaroon ni Hesus ng isang panloob na pangkat ng mga alagad (cf. 1:29; 5:37; 9:2; 13:3; 14:33) ay di-tiyak. Ang ebanghelyo ni Marcos ay ang saksi tala ni Pedro. Ang panloob na pangkat na ito ay hindi nagkakaloob ng natatanging mga karapatan dahil Santiago ay pinatay nang una.

Hindi nait ni Hesus na ang Kaniyang katanyagan bilang isang manggagamot at kahit na isang nagpabangon ng patay ay malaman. Ito ay isa sa maraming rui ng mga kapahayagan sa Marcos, na tinatawag ng mga teologo na "ang Lihim ng Mesias" (cf. v. 43). Siya na ay mayroong pangunahing lohitikong mga suliranin sa napakaraming mga tao.

▣ **"kay Pedro at kay Santiago at kay Juan"** Ito ang panloob na pangkat ng mga alagad ni Hesus (cf. 9:2; 14:33; Mateo 17:1; 26:37; Lucas 9:28).

**5:38 "at ang nagsisitangis, at nangagbubuntong-hininga ng labis"** Ang mga ito ay karaniwa, kahit na inaasahan, na Hudyong mga kasanayan sa paglilibing. Iyon ay nagpapakita na ang pamilya ay inaasahan ang kamatayan ng munting anak na babae at gumawa na ng mga paghahanda.

**5:39 "'hindi patay ang bata, kundi natutulog'"** Ang pagtulong ay isang yupemismo ng OT para sa kamatayan. Ginamit iyon ni Hesus kay Lazaro sa Juan 11:11. Dito, iyon ay pinag-iiba sa kamatayan. Ang isa ay nagtataka kung ang v. 37 ay iniisip na isang sanggunian sa "Lihim ng Mesias ni Marcos" kung bakit ginawa Niya ito sa karamihan ng tao, maliban na sinusubukan Niyang pababain ang epekto (i.e., ang kinalalabasang bulong-bulungan) ng kanyang pagbangon?

**5:40 "tinatawanan nila siya"** Ito ay isang DI-GANAP NA panahunan na nagpapahiwatig ang mga miron ay nagpatuloy na tumawa sa isang pinahabang yugto ng panahon o na sila nagsimula tumawa sa puntong ito.

▣ **"ang kaniyang mga kasamahan"** Ito ay tumutukoy kina Pedro, Santiago, at Juan. Sa maraming mga paraan, ang mga himala ni Hesus ay para din sa pagsasanay at pananampalataya ng mga alagad gaya ng mga taong tinutulungan!

**5:41 "'Talitha, cumi'"** Ito ay isang Aramaikong parirala. Ang mga Hudyo sa panahon ni Hesus ay nagsasalita ng Aramaiko, hindi Hebreo. Ito ang katutubong wika ni Hesus. Mayroong maraming Aramaikong mga parilala na naitala sa mga Ebanghelyo (cf. *Sabbata*, 3:4; *Boanerges*, 3:17; Satanas, 3:23,26; 8:33; *Talitha cumi*, 5:41; *Ephphatha*, 7:35; *Gehanna*, 9:43,45,47; *pascha*, 14:14; *Abba*, 14:36; *Eloi, Eloi, lama sabachthani*, 15:34). Ang katotohanan na isinalin iyon sa Marcos ay nagpapakita na ang kaniyang nilalayong tagapakinig ay Hentil.

**5:42 "pagdaka. . .pagdaka"** Tingnan ang tala sa 1:10.

▣ **"siya ay may labingdalawang taon na"** Ito ay maaaring nangahulugang siya ay may pananagutang ingatan ang Kautusan (i.e., *bath mitzvah*) at nasa taon na ng pag-aasawa. Ang mga lalaki ay nagkaroon ng pananagutan sa Kautusan at maaari nang ikasal sa pagsapit ng labingtatlong taon (i.e., *bar mitzvah*). Ang haba ng buhay ay mas maiksi at mga salin-lahi ng mga pamilya ay magkakasamang naninirahan; samakatuwid, sila ay ikinakasal nang mas bata kaysa sa ngayon.

**5:43 "ipinagbilin niya sa kanilang mahigpit, na sinoman ay huwag makaalam nito"** Hindi ninanais ni Hesus na makilala bilang isang manggagamot o manggagawa ng himala. Ginagawa Niya ang ganitong pagkilos upang ipahayag pagkahabag ng Diyos at pagtibayin ang Kaniyang mensahe at awtoridad (cf. Marcos 1:44; 3:12; 5:43; 7:36;8:26,30; 9:30; Mateo 8:4; 9:30; 12:16; 17:9).

▣ **"kaniyang ipinagutos na siya ay bigyan ng pagkain"** Ito ay ng isa pang detalye ng saksi. Si Hesus ay nagpapakita ng pagaalala para sa munting babae. Pinatutunayan din nito na siya ay lubusang naipanumbalik sa pisikal na buhay.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ano ang pagsanib ng demonyo? Maaari bang mangyari ito ngayon? Maaari bang maapektuhan ang mga Kristiyano?
2. Bakit hinayaan ni Hesus na mamatay ang mga baboy?
3. Bakit pinapaalis ng lokal na mga taong-bayan si Hesus?
4. Bakit kailangang manatili ng sinapian ng demonyo?
5. Ano ang ibig-sabihin ng "kapangyarihan ay lumabas?"
6. Bakit tinawag ni Hesus na, "natutulog" ang patay?
7. Bakit ninanais ni Hesus na manatiling lihim ang pagkakabuhay ng anak na babae ni Jairo?
8. Bakit may isang panloob na pangkat ng mga alagad si Hesus?

# MARCOS 6

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Pagtanggi kay Hesus sa Nazareth | Tinanggihan si Hesus sa Nazareth | Tinanggihan sa Kaniyang Bayan | Tinanggihan si Hesus sa Nazareth | Isang Pagdalaw sa Nazareth |
| 6:1-6a | 6:1-6 | 6:1-6a | 6:1-3 | 6:1-6a |
| | | | 6:4 | |
| | | | 6:5-6a | |
| Ang Misyon ng Labindalawa | Pagsugo sa Labindalawa | Pagkomisyon at Pagtuturo sa Labindalawa | Sinugo ni Hesus ang Labindalawang Alagad | Misyon ng Labindalawa |
| 6:6b-13 | | 6:6b-13 | 6:6b-11 | 6:6b-13 |
| | 6:7-13 | | | |
| | | | 6:12-13 | |
| Ang Kamatayan ni Juan Bautista | Pinugutan ng Ulo si Juan Bautista | Kamatayan ni Juan | Ang Kamatayan ni Juan Bautista | Herodes at Hesus |
| 6:14-29 | 6:14-29 | 6:14-16 | 6:14 | 6:14-16 |
| | | | 6:15a | |
| | | | 6:15b | |
| | | | 6:16-18 | Pinugutan si Juan Bautista |
| | | 6:17-29 | | 6:17-20 |
| | | | 6:19-20 | |
| | | | 6:21-23 | 6:21-29 |
| | | | 6:24a | |
| | | | 6:24b | |
| | | | 6:25 | |
| | | | 6:26-29 | |
| Ang Pagpapakain sa Limang Libo | Pagpapakain sa Limang Libo | Pinakain ang Limang Libo | Pinakain ni Hesus ang Limang Libo | Unang Himala ng mga Tinapay |
| 6:30-44 | 6:30-44 | 6:30-44 | 6:30-32 | 6:30-44 |
| | | | 6:33-36 | |
| | | | 6:37a | |
| | | | 6:37b | |
| | | | 6:38a | |
| | | | 6:38b | |
| | | | 6:39-44 | |
| Paglalakad sa Tubig | Naglakad sa Dagat si Hesus | Naglakad sa Tubig si Hesus | Naglakad sa Tubig si Hesus | Naglakad sa Tubig si Hesus |
| 6:45-52 | 6:45-52 | 6:45-46 | 6:45-50a | 6:45-52 |
| | | 6:47-52 | | |
| | | | 6:50b-52 | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Ang Pagpapagaling sa May-Sakit sa Gennesaret | Maraming Humipo sa Kaniya at Napagaling | Paniniwala sa Kapangyarihan ni Hesus na Magpagaling | Pinagaling ni Hesus ang Maysakit sa Gennesaret | Pagpapagaling sa Gennesaret |
| 6:53-56 | 6:53-56 | 6:53-56 | 6:53-56 | 6:53-56 |

## IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng pagpapaliwanag. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata
2. Pangalawang talata
3. Pangatlong talata
4. Atbp.

## MGA KAAGAPAY SA SINOPTIKONG EBANGHELYO

A. Ang mga talatang 1-6a ay kaagapay sa Mateo 13:54-58.

B. Ang mga talatang 6b-13 ay kaagapay sa Mateo 9:35-11:1 at Lucas 9:1-6.

C. Ang mga talatang 14-29 ay kaagapay sa Mateo 14:1-12 at vv. 14-16 at sa Lucas 9:7-9.

D. Ang mga talatang 30-44, na pagpapakain ng limang libo, ay matatagpuan sa lahat ng apat na mga Ebanghelyo (Marcos 6:30-44; Mateo 14:13-21; Lucas 9:10-17; Juan 6:1-13).

E. Ang mga talatang 45-52 ay kaagapay sa Mateo 14:22-23 at Juan 6:14-21.

F. Ang mga talatang 53-56 ay kaagapay sa Mateo 14:34-36.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 6:1-6a

**[1]At umalis si Hesus doon; at napasa kaniyang sariling lupain; at nagsisunod sa kaniya ang kaniyang mga alagad. [2]At nang dumating ang sabbath, ay nagpasimulang magturo siya sa sinagoga: at marami sa nangakakarinig sa kaniya ay nangagtataka, na nangagsasabi, Saan nagkaroon ang taong ito ng mga bagay na ito? at, Anong karunungan ito na sa kaniya'y ibinigay, at anong kahulugan ng gayong mga makapangyarihang gawa na ginagawa ng kaniyang mga kamay? [3]Hindi baga ito ang anluwagi, ang anak ni Maria, at kapatid ni Santiago, at ni Jose, at ni Judas, at ni Simon? at hindi baga nangaririto sa atin ang kaniyang mga kapatid na babae? At siya ay kinatitisuran nila. [4]At sinabi sa kanila ni Hesus, Walang propetang di may kapurihan, liban sa kaniyang sariling lupain, at sa gitna ng kaniyang sariling mga kamaganak, at sa kaniyang sariling bahay. [5]At hindi siya nakagawa doon ng anomang makapangyarihang gawa, liban sa ipinatong niya ang kaniyang mga kamay sa ilang mga maysakit, at pinagaling sila. [6a]At nanggigilalas siya sa kanilang di pananampalataya.**

**6:1 "At umalis si Hesus doon"** Ito ay tumutukoy sa Capernaum, na naging Kaniyang mga punong-himpila sa Galilea.

▣ **"napasa kaniyang sariling lupain"** Ito sa literal ay "kaniyang lugar na kinalakiha" at tumutukoy sa Nazareth (cf. 1:9,24), kung saan Siya ay lumaki. Iyon ay dalumpung milya sa timog-silangan ng Capernaum. Tila iyon ay isang bagong panirahan ng mga Hudyo.

▣ **"at nagsisunod sa kaniya ang kaniyang mga alagad"** Sinanay ni Hesus ang Kaniyang mga alagad sa

pamamagitan ng pagsama nila sa Kaniya sa lahat ng pagkakataon (tingnan si Robert Coleman, *The Master Plan of Evangelism*). Karamihan ng mga katuruan at mga himala ni Hesus ay para sa kanilang pakinabang.

**6:2 "nagpasimulang magturo siya sa sinagoga"** Si Hesus ay palaging dumadalo sa sinagoga. Siya ay kadalasang inaanyayahang magsalits bilang isang panauhing guro, na isang karaniwang kasanayan.

▣ **"marami sa nangakakarinig sa kaniya ay nangagtataka"** Sila ay hindi di-sumasang-ayon sa Kaniyang mga katuruan, ngunit inuusisa ang Kaniyang kakayahan at pag-aaral. Ito ay katulad sa mga Fariseo na inuusisa ang Kaniyang awtoridad.

▣ **"'Saan nagkaroon ang taong ito ng mga bagay na ito'"** Ang karunungan, kapangyarihan, at awtoridad ni Hesus ay nakapagpabiglya sa lahat. Bilang isang bata, si Hesus ay tulad lamang ng ibang mga anak ng nayon. Ang ibang mga pangkat ay nagpapatuloy sa pagtatanong kung saan nagmula ang mga katangiang ito? Iyon ay malinaw sa lahat na si Hesus ay mayroong dakilang karunungan at awtoridad!

▣ **"gayong mga makapangyarihang gawa na ginagawa ng kaniyang mga kamay"** Ang Capernaum ay 20 milya lamang mula sa Nazareth kaya ang salita ng Kaniyang mga himala ay ay lumaganap.

**6:3 "'Hindi baga ito ang anluwagi, ang anak ni Maria'"** Ang salita para sa anluwagi na nangangahulugang "taong may kaanayan" ay maaaring mangahulugang isang manggagawa ng kahoy, bakal, o bato. Si Justin ay sinabing iyon ay tumutukoy sa kanino man ang gumagawa ng mga araro at mga pamatok (i.e., *Dial.* 88:8). Tila si Hesus ay naging anluwagi o karpentero ng bayan matapos ang di-napapanahong kamatayan ni Jose.

▣ **"'ang anak ng Maria'"** Tulad ng "taong ito" ng v. 2, ito ay maaaring isang pagtatangka na ipakita ang pag-aalipusta. Ang mga taong-bayan ay maaaring nalaman ang pagdadalang-tao ni Maria. Si Origen ay nagsasabing ang orihinal na teksto ay binabsang "ang anak ng karpenteryo at ni Maria" dahil iyon ay lubhang di-karaniwan para sa ina na mabanggit. Dahil sa Juan 8:41, ang ilan ay nakikitang itong nauugnay sa malawak na pagkalat ng tsismis na si Hesus ay isang bastardong anak ng isang Romanong sundalo. Karamihan ng mga MSS na kaibahan na batay sa teolohikong pagkiling ng mga tagasipi na maaaring natatakot sa doktrina ng Birheng Kapanganakan ay isinasama sa kaagapay na parirala Mateo na "ang anak ng karpentero at Maria" (cf. Mateo 13:55).

▣ **"'ang kapatid ni'"** Ito ay nagpapakita ang karaniwang pagkabata ni Hesus (cf. Lucas 2:40,52). Iyon din ay nagpapakita na si Maria ay mayroong ibang mga anak. Sa mga talang ito ng kapatid na lalaki at kapatid na babae, (cf. Mateo 13:55-56), dalawa, sina Santiago at Judas, ay mga may-akda ng NT.

▣
**NASB "siya ay kinatitisuran nila"**
**NKJV "natisod sila sa kaniya"**
**NRSV "siya ay kinatisuran nila"**
**TEV "siya ay itinanggi nila"**
**NJB "siya ay hindi nila tatanggapin"**

Ito ay ang terminong *skandalon*, na nangahulugang isang patpat na pinainang pangsilo. Nakuha natin ang Ingles na terminong "kasiraang-puri" mula sa Griyegong termino.

Ang konseptong ito ay mayroong dakilang pang-Mesias na kahalagahan sa Ot (cf. Mga Awit 118:22; Isaias 8:14; 28:16). Tulad din ng mga pang-relihiyong pinuno, ang mga taong-bayan madaig ang kanilang pagkiling (cf. v. 4).

**6:4 "propeta"** Ang talatang 4 ay isang kilala kawikaan ng panahon ni Hesus. Si Hesus ay tiyakang mas higit kaysa sa isang propeta, ngunit isa sa mga titulong ginamit ni Moises na natatanging pagdating na Isa ng Diyos (cf. Deuteronomio 18:15,18).

**6:5 "hindi siya nakagawa doon ng anomang makapangyarihang gawa"** Ito ay hindi nagpapahiwatig na kahinaan sa bahagi ni Hesus, ngunit kusang pagtatakda ng Kaniyang ministeryo. Ang Mateo 13:58 na kaagapay ay may "hindi ginawa" sa halip na ng "maaring indi." Si Hesus ay hindi nagtatangi ng mga tao; Siya ay walang paborito. Ang Lucas 7:11-14 ay nagpapakita na na si Hesus ay hindi palaging humihingi ng isang pananampalatayang pagtugon, ngunit iyon ay ang karaniwang kinakailangan. Ang pananampalataya sa Diyos at kay Hesus ay nagbubukas ng pinto sa espiritwal na kaharian. Gaano karaming pananampalataya ay hindi kasinghalaga kung kanino ityo inilalagak!

▣ **"ipinatong niya ang kaniyang mga kamay sa ilang mga maysakit, at pinagaling sila"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa 7:32.

**6:6a**

**NASB** **"nanggigilalas siya sa kanilang di pananampalataya"**
**NKJV** **"Siya ay namangha dahil sa kanilang di-pananampalataya"**
**NRSV** **"siya ay namangha sa kanilang kawalang pananampalataya"**
**TEV** **"Siya ay lubhang nagulat, dahil ang mga tao ay walang pananampalataya"**
**NJB** **"siya ay nagulat sa kanilang kawalan ng pananampalataya"**

Ito ay isang DI-GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG, na nagpapahiwatig ng inulit pagkilos. Si Hesus ay nagtaka sa pagkabulag at katigasan ng mga tao (Hesus ay tinanggihan nang dalawang beses sa Nazareth, cf. Lucas 4:16-31). Sa gitna ng dakilang katotohanan, kahit na sa mahimalang mga tanda (cf. v. 2), tumanggi silang manampalataya (cf. Isaias 6:9-10).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 6:6b-13

**[6b]At siya ay lumibot na nagtuturo sa mga nayong nasa paligidligid. [7]At pinalapit niya sa kaniya ang labingdalawa, at nagpasimulang sinugo sila na daladalawa; at binigyan niya sila ng kapamahalaan laban sa mga karumaldumal na espiritu; [8]At ipinagbilin niya sa kanila na huwag silang magsipagbaon ng anoman sa paglakad, kundi tungkod lamang; kahit tinapay, kahit supot ng ulam, kahit salapi sa kanilang supot; [9]Datapuwa't gumamit ng mga sandalyas: at, huwag magsuot ng dalawang tunika. [10]At sinabi niya sa kanila, Saan man kayo magsipasok sa isang bahay, mangatira kayo roon hanggang sa kayo ay magsialis doon. [11]At sa alin mang dakong hindi kayo tanggapin, at hindi kayo pakinggan, pagalis ninyo doon ay ipagpag ninyo ang alabok na nasa ilalim ng inyong talampakan bilang patotoo sa kanila. [12]At sila ay nangagsialis, at nagsipangaral na mangagsisi ang mga tao. [13]At nangagpalabas ng maraming demonyo, at nangagpahid ng langis sa maraming may-sakit, at pinagaling sila.**

**6:7 "nagpasimulang sinugo sila na daladalawa"** Ang salitang ito ay maaaring nagpapakilala ng isang tiyak na misyon at hindi isang pangkalahatang pagtatakda.

▣ **"na daladalawa"** Ito ay maaaring tumutukoy sa ang dalawang mga saksi na nangangailangang pagtibayin ang isang paksa (cf. Deuteronomio 19:15). Iyon ay maaaring kahit na sosyolohikong aspeto ng tapang sa mga bilang. Ang dalawang mga saksi ay hinarap ang isang kalabang espiritwal at pangkulturang mundo.

▣ **"at binigyan niya sila ng kapamahalaan laban sa mga karumaldumal na espiritu"** Ang kaagapay sa Lucas 9:1 ay nagdaragdag ng "at pangalingin ang lahat ng karamdaman." Ang kaagapay sa Mateo 10:8 ay nagdaragdag ng "pagalingin ang maysakit, buhayin ang patay, linisin ang mga ketongin, palayasin ang mga demonyo." Ang lahat ng mga pagkilos na ito ay pang-Mesias na mga tanda sa OT, mga tanda ng pagkalinga ng Diyos, mga tanda ng kapangyarihan ng Diyos at Kaniyang panghinaharap na kaharian. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:25.

Ang kapangyarihan ni Hesus at awtoridad ay maaaring ipagkaloob sa Kaniyang mga tagasunod. Tiyak na mayroong isang katindihan ibinahagi sa pagitan ang Labindalawa at ni Hesus na hindi matutularan, ngunit ang kapangyarihan ng Diyos ay magagamit ng Kaniyang iglesiya. Nasaan ang kapangyarihan sa ating panahon? Iyon ay tila ang mga kapangyarihang tanda na ito ay ginamit upang pagtibayin ang mensahe ng ebanghelyo at bigyan ng pagtitiwala ang mangangaral ng ebanghelyo. Ito ay tunay pa rin ngayon. Gayunman, sa mga kultura kung saan ang mensahe ng ebanghelyo ay maaaring umugat, ngayon, ang mga mananampalataya ay kailangang lumakad sa pananampalataya, hindi sa paningin; pagtitiwala sa Diyos, hindi paghahangad ng himala (cf. Juan 4:48). Ang mga himala ay hindi tugon sa suliranin ng pananampalataya! Iyon din ay lubhang maaari na ang kahatulan ng Diyos sa maligamgam na iglesiya ay ang pananaw ng tagumpay, ngunit ang katotohanan ng kawalang-bisa.

Ang mga tanda at mga himala gayundin ang mga pagkilos ng demonyo at anghel ay nadagdaga sa panahon ni Hesus at ng mga Apostol. Ang espiritwal na pagkilos na ito ay tiyakang makikita sa bawat panahon, ngunit pinatindi sa unang pagdating ni Hesus at muling mapapaigting habang palapit ang Kaniyang pangalawang pagdating.

Ako ay nagagalak sa mga pagpapakita ng mga tanda ng pag-ibig at kapangyarihan ng Diyos (i.e., ang mga kaloob ay aktibo pa rin), ngunit ako ay nagtitiwala sa mga katotohanan ng ebanghelyo, hindi sa pagkakaroon o kawalan ng pisikal na mga pagpapatibay. Ang mga himala at mga tanda ay maaaring huwad (cf. Mateo 24:24; II taga-Thesalonica 2:9; Pahayag 13:13; 16:14; 19:20). Ang mga mananampalataya ay kailangang hindi hingin ang pagpapatibay! Ang pananampalatayang tulad sa bata ay nakakahigit sa espiritu kaysa sa karaniwang mga tanda at mga kababalaghan.

**6:8 "ipinagbilin niya sa kanila na huwag silang magsipagbaon ng anoman sa paglakad, kundi tungkod lamang"** Ang lahat ng mga Sinoptikong Ebanghelyo ay tinala ito, ngunit sa bahagyang magkaibang mga paraan. Ang Mateo 10:9-11 ay nagpapahiwatig "huwag nang bumili ng isa pang paglalakad na patpat." Ang Lucas 9:3 ay katulad sa Mateo 10:10, ngunit tinatanggal ang pariralang "huwag kumuhay" ng Mateo 10:9. Ang lahat nang manlalakbay ay nagdadala ng isang tungkod bilang panaggol. Ang punto ng mga kapahayagang ito ay ang mga misyunero ay kailangang lubusang umasa sa pagtutustos ng Diyos (kapwa sa pisikal at espiritwal) at hindi ng kanilang sarili.

Para sa isang buong pagtalakay ng mga pagkakaiba sa pagitan Mateo, Marcos, at Lucas patungkol sa kung ano ang dapat dalhin o hindi dalhin ng mga alagad sa kanilang pangmisyong paglalakbay, tingnan ang *Hard Sayings of the Bible*, pp. 422-24.

▣ **"supot ng ulam"** Ito ay maaaring isang tampipi.

▣ **"salapi sa kanilang supot"** Ito maaaring ay nangangahulugang isang sinurong may salapi.

**6:9 "'huwag magsuot ng dalawang tunika'"** Ito ay tumutukoy sa isang panlabas na balabal na ginamit din bilang isang panakip sa pagtulog. Ito ay nangangahulugang huwag magdala ng dagdag na mga damit (i.e., huwag subukang maghanda para sa bawat anumang mangyayari).

**6:10 "'mangatira kayo roon hanggang sa kayo ay magsialis doon'"** Sila ay hindi titingin sa mas mabuti at mas mabuting titirhan. Ang unang lugar na nagbukas ng kanilang tahanan sa pamamagitan ng pananampalatay ay ang lugar na pananatilian.

**6:11 "sa alin mang dakong hindi kayo tanggapin, at hindi kayo pakinggan"** "Anumang lugar" ay maaaring tumutukoy sa isang lungsod o isang sinagoga. Ito sa literal ay ang terminong "tatanggap," ngunit may implikasyon ng malugod na pagtanggap.

▣ **"ipagpag ninyo ang alabok na nasa ilalim ng inyong talampakan bilang patotoo sa kanila"** Ito ay kinapapalooban ng isang larawang simbolo ng napipintong kahatulan at paghihiwalay (cf. Mga Gawa 13:51; at isang katulad na pagkilos sa 18:6). Ito ay isang palagiang pangHudyong kaugalian kapag pumapasok muli ng Judah mula sa Samaria.

▣Mayroong isang karagdagang pangungusap sa v. 11, NKJV, "Tiyakang sinasabi ko sa iyo, iyon ay mas matitiis ang para sa Sodom at Gomorrah sa araw ng kahatulan kaysa sa para sa lungsod." Iyon ay matatagpuan sa kasulatan A at maraming kinalauang Griyegong minuskulang mga kasulatan. Iyon ay hindi orihinal sa Marcos, ngunit tila naging isang paglalagom mula sa Mateo 10:15.

**6:12 "sila. . . nagsipangaral na mangagsisi ang mga tao"** Ang pagsisisi ay napakahalaga para sa isang pananampalatayang kaugnayan sa Diyos (cf. Mateo 3:2; 4:17; Marcos 1:15; 6:12; Lucas 13:3,5; Mga Gawa 2:38; 3:19; 20:21). Ang termino sa Hebreong ay nangahulugang isang pagbabago ng mga gawa, habang sa Griyego, iyon ay nangahulugang isang pagbabago ng isipan. Ang pagsisisi ay isang pagpayag sa pagbabago mula sa makasariling pag-iral patungo sa isang buhay na may kabatiran at pamamahala ng Diyos. Iyon ay tumatawag para sa isang pagpihit mula sa pagiging-una at pagkaalipin sa sarili. Iyon talaga ay isang bagong pag-uugali, isang bagong pananaw sa mundo, isang bagong panginoon. Ang pagsisisi ay kalooban ng Diyos para sa bawat taong nilalang, na nilikha sa Kaniyang larawan (cf. Ezekiel 18:21,23,32; Lucas 13:1-5; at II Pedro 3:9).

Ang talata sa NT na pinakamainam na nagpapakilala ng magkaibang Griyegong mga termino para sa pagsisisi ay II taga-Corinto 7:8-12

1. *lupe*, "dalamhati" o "pighati" vv. 8 (dalawang beses), 9 (tatlong beses), 10 (dalawang beses), 11
2. *metamelomai*, "pagkatapos ng pagpapagaling," vv. 8 (dalawang beses), 9
3. *metanoeō*, "magsisi," "pagkatpos ng pag-iisip," vv. 9, 10

Ang pagkakaiba ay bulaang pagsisisi [*metamelomai*], cf. Judas, Mateo 27:3 at Esau, Hebreo 12:16-17 laban sa tunay na pagsisisi [*metanoeō*].

Ang tunay na pagsisisi sa teolohiya ay nauugnay sa

1. pangangaral ni Hesus sa mga kalagayan ng Bagong Kasunduan (cf. Mateo 4:17; Marcos 1:15; Lucas 13:3,5)
2. ang mga apostolikong pangangaral sa Mga Gawa (i.e., ang *kerygma*, cf. Mga Gawa 3:16,19; 20:21)
3. soberanong kaloob ng Diyos (cf. Mga Gawa 5:31; 11:18 at II Timoteo 2:25)
4. napapahamak (cf. II Pedro 3:9). Ang pagsisisi ay hindi opsyonal

Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Pagsisisi ng Kasalanan sa OT sa 1:4d.

**6:13 "nangagpalabas ng maraming demonyo, at nangagpahid ng langis sa maraming may-sakit"** Pansinin na ang NT ay gumagawa ng isang pagkakaiba sa pagitan sakit at pagsanib ng demonyo. Tingnan ang tala sa 1:25c.

▣ **"nangagpahid ng langis"** Ang langis ay ginamit sa magkaibang mga kaunawaan: (1) bilang gamot (cf. Santiago 5:14); (2) bilang isang simbolo ng Banal na Espiritu, lalo na sa OT, mga hari, mga saserdote, at mga propeta; at (3) bilang isang pantulong sa isipan upang kilalanin ang presensya ng Diyos. Si Hesus ay ginamit ang maraming magkaibang mga uri ng pisikal na pantulong sa pagpapagaling.

## NATATANGING PAKSA: ANG PAGPAPAHID SA BIBLYA (BDB 603) ("ANOINTING" IN THE BIBLE (BDB 603))

A. Ginagamit sa pagpapaganda (cf. Deuteronomio 28:40; Ruth 3:3; II Samuel 12:20; 14:2; II Cronika 28:15; Daniel 10:3; Amos 6:6; Mikas 6:15)
B. Ginagamit para sa mga panauhin (cf. Awit 23:5; Lucas 7:38,46; Juan 11:2)

C. Ginagamit para sa pagpapagaling (cf. Isaias 61:1; Jeremias 51:8; Marcos 6:13; Lucas 10:34; Santiago 5:14) [ginamit para sa kahulugang pangkalinisan sa Ezekiel 16:9]
D. Ginagamit para sa paghahanda ng paglilibing (cf. Genesis 50:2; II Cronika 16:14; Marcos 16:1; Juan 12:3,7; 19:39-40)
E. Ginagamit para sa kahulugang pang-relihiyon (ng isang bagay, cf. Genesis 28:18; 31:13 [isang haligi]; Exodo 29:36 [ang altar]; Exodo 30:26; 40:9-16; Levitico 8:10-13; Bilang 7:1 [ang tabernakulo])
F. Ginagamit sa pagtatalaga ng mga pinuno
  1. Mga saserdote
    a. Aaron (Exodo 28:41; 29:7; 30:30)
    b. Mga anak ni Aaron (Exodo 40:15; Levitico 7:36)
    c. pamantayang parirala o titulo (Bilang 3:3; Levitico 16:32)
  2. Mga Hari
    a. ng Diyos (cf. I Samuel 2:10; II Samuel 12:7; II Hari 9:3,6,12; Awit 45:7; 89:20)
    b. ng mga propeta (cf. I Samuel 9:16; 10:1; 15:1,17; 16:3,12-13; I Hari 1:45; 19:15-16)
    c. ng mga saserdote (cf. I Hari 1:34,39; II Hari 11:12)
    d. ng mga matatanda (cf. Hukom 9:8,15; II Samuel 2:7; 5:3; II Hari 23:30)
    e. ni Hesus bilang Haring Mesias (cf. Awit 2:2; Lucas 4:18 [Isaias 61:1]; Gawa 4:27; 10:38; Hebreo 1:9 [Awit 45:7])
    f. mga taga-sunod ni Hesus (cf. II Corinto 1:21; I Juan 2:20,27 [*chrisma*])
  3. marahil ng mga propeta (cf. Isaias 61:1)
  4. mga kaparaan ng pagtubos ng Diyos mula sa di-mananampalataya
    a. Cyrus (cf. Isaias 45:1)
    b. Hari ng Tiro (cf. Ezekiel 28:14, na kung saan siya ng talinghaga ng Hardin ng Eden)
  5. salita o titulo sa "Mesias" na nangangahulugang "isang Pinahiran" (BDB 603), cf. Mga Awit 2:2; 89:38; 132:10

Ang Mga Gawa 10:38 ay isang talata na ang lahat ng tatlong persona ng pagka-Diyos ay kasangkot sa pagpapahid. Si Hesus ay pinahiran (cf. Lucas 4:18; Mga Gawa 4:27; 10:38). Ang konsepto ay pinalawak upang isama ang lahat ng mga mananampalataya (cf. 1 Juan 2:27). Ang Isang Pinahiran ay naging ang mga pinahiran! Ito ay maaaring pagkakaagapay sa Anti-kristo at mga anti-kristo (cf. 1 Juan 2:18). Ang simbolikong pagkilos ng pisikal na pagpapahid ng langis (cf. Exodo 29:7; 30:25; 37:29) ay nauugnay sa kanila na tinawag at pinagtibay ng Diyos para sa isang natatanging mga gawain (i.e., mga propeta, mga saserdote, at mga hari). Ang salitang "Kristo" ay isang salin ng Hebreong termino na "isang pinahiran" o Mesias.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 6:14-16

**[14]At narinig ng haring Herodes; sapagkat nabantog na ang pangalan niya; at sinabi niya, Si Juan na Mangbabautismo ay nagbangon sa mga patay, at kaya sumasa kaniya ang mga kapangyarihang ito. [15]At sinasabi ng mga iba, Siya'y si Elias. At sinasabi ng mga iba, Siya'y propeta, na gaya ng ibang mga propeta *ng sinauna*. [16]Datapuwat nang marinig ni Herodes, ay sinabi, Si Juan na aking pinugutan ng ulo, siya ay nagbangon.**

**6:14 "Haring Herodes"** "Hari" ay hindi ang opisyal na titulo ni Herodes Antipas. Siya ay tinawag na Tetrarka, na nangahulugang "isang pamumuno ng apat." Siya ay anak ni Herodes ang Dakila at isang babaeng Samaritano. Siya ay namumuno sa Perea at Galilea sa pagitan ng 4 B.C. at A.D. 39 nang siya ay pinatapon upang hilingin kay Cesar na gawin siyang isang Hari.

Tingnan ang Natatanging Paksa sa Pamilya ng Herodes ang Dakila sa 1:14.

▣ **"sinabi niya, Si Juan na Mangbabautismo ay nagbangon sa mga patay"** Ito ay nagpapakilala ng Fariseong paniniwala sa isang pisikal na muling pagkabuhay (cf. Mga Gawa 23:6; 24:21; Hebreo 6:2). Ito ay isa pang pagtatangka na pabulaanan ang kapangyarihan ni Hesus at awtoridad (i.e., ang mga pang-relihiyong pinuno itinuturing iyon kay Satanas o ang demonyo; ang mga kamag-anak sa bayang sinilangan ay itinatanggi iyon dahil sa kanilang pagkaalam sa kabataan ni Hesus; ang mga taong ito tinuturing iyon kay Juan Bautista o ilang ibang propeta ng OT).

**6:15 "Elias"** Ipinapakita nito ang pang-Mesias na mga kahihinatnan ng ministeryo ni Hesus. Ito ay inuugnay sa tiyak na mga hula sa Malakias 3:1-2 at 4:5-6.

▣ **"Siya'y propeta, na gaya ng ibang mga propeta *ng sinauna*"** Ito ay nagpapakita na ang mga tao ay nararamdaman ang isang bagong awtoridad sa Kaniyang katuruan na wala sa Israel sa paglipas ng mga daantaon, pagkatapos kay Malakias (o ang may-akda ng Cronica). Iyon nagpapakilala din ng Mosaikong pang-Mesias na propesiya ng Deuteronomio 18:15ff tungkol sa pagdating ng isang propeta tulad ng Moises.

**6:16 "na aking pinugutan ng ulo"** Ito ay nagpapakita ng maysalang budhi ni Herodes (cf. Mateo 14:10; Lucas 9:9) at

kakulangan ng impormasyon tungkol sa kaugnayan sa pagitan ni Juan at ni Hesus.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 6:17-29**

**17Sapagkat si Herodes din ang nagsugo sa mga kawal at nagpahuli kay Juan, at nagpatanikala sa kaniya sa bilangguan dahil kay Herodias, na asawa ni Filipo na kaniyang kapatid; sapagkat nagasawa siya sa kaniya. 18Sapagkat sinabi ni Juan kay Herodes, Hindi matuwid sa iyo na iyong ariin ang asawa ng iyong kapatid. 19At ipinagtanim siya ni Herodias, at hinahangad siyang patayin; at hindi niya magawa; 20Sapagkat natatakot si Herodes kay Juan palibhasa'y nalalamang siya ay lalaking matuwid at banal, at siya ay ipinagsanggalang niya. At kung siya ay pinakikinggan niya, ay natitilihan siyang mainam; ngunit pinakikinggan niya siya na may galak. 21At nang sumapit ang isang kaukulang araw, na kapanganakan niya, ay ipinaghanda ni Herodes ng isang hapunan ang kaniyang mga maginoo, at mga mataas na kapitan, at mga pangulong lalake sa Galilea; 22At nang pumasok ang anak na babae ni Herodias ay sumayaw, at siya ay kinalugdan ni Herodes at ng mga kasalo niyang nakaupo sa dulang; at sinabi ng hari sa dalaga, Hingin mo sa akin ang maibigan mo, at ibibigay ko sa iyo. 23At ipinanumpa niya sa kaniya, Ang anomang hingin mo sa akin ay ibibigay ko sa iyo, kahit ang kalahati ng aking kaharian. 24At lumabas siya, at sinabi sa kaniyang ina, Ano ang aking hihingin? At sinabi niya, Ang ulo ni Juan ang Mangbabautismo. 25At pagdaka ay pumasok siyang dalidali sa kinaroroonan ng hari, at humingi, na sinasabi, Ibig ko na ngayon din ang ibigay mo sa akin na nasa isang pinggan ang ulo ni Juan Bautista. 26At namanglaw na lubha ang hari; datapuwat dahil sa kaniyang sumpa, at sa nangakaupo sa dulang, ay hindi niya itinanggi. 27At pagdaka ay nagsugo ang hari sa isang kawal na kaniyang bantay, at ipinagutos na dalhin sa kaniya ang ulo niya: at yumaon siya at pinugutan siya ng ulo sa bilangguan, 28At dinala ang kaniyang ulo na nasa isang pinggan, at ibinigay sa dalaga; at ibinigay ng dalaga sa kaniyang ina. 29At nang mabalitaan ng kaniyang mga alagad, ay nagsiparoon sila at binuhat ang kaniyang bangkay, at inilagay sa isang libingan.**

**6:17-29** Ito ay wala sa pagkasunod-sunod na ayos. Iyon ay idinagdag upang ipaliwanag ang v. 14.

**6:17 "Herodias"** Siya ang asawa ng Felipe, ang kapatid ni Herodes Antipas (cf. Mateo 14:3). Sila ay nanirahan sa Roma. Siya rin ay pamangkin ni Antipas kay Aristobulus. Si Antipas ay inakit siya palayo kay Felipe at pinakasalan siya.

Sang-ayon kay Josephus (i.e., *Antiquities of the Jews* 18.5.4), si Herodias ay kinasal sa anak ni Herodes ang Dakila, si Herodes (na ang ina ay si Marianne, ang anak ng punong saserdote). Sinasabi ni rin ang si Salome, ang anak ni Herodias, ay kinalaunan ay nagpakasal kay Felipe. Iyon ay maaari na si Herodes ay kilala bilang Herodes Felipe.

**6:18** Ang ugnayang ito ay lumalabag sa Levitico 18:16; 20:21.

**6:19 "at ipinagtanim siya ni Herodias"** Ito ay DI-GANAP NA PANAHUNAN. Maaaring idinulog niya ang paksa nang paulit-ulit kay Herodes Antipas. Iningatan ni Herodes (DI-GANAP NA PANAHUNAN) siya mula sa kaniya (v. 20).

**6:20 "natatakot si Herodes kay Juan"** Ang pagkatakot na ito ay dahil si Juan ay isang banal tao. Ang Mateo 14:4 ay nagsasabing kinakatakutan niya ang katanyagan ni Juan kasama ang mga tao. Herodes ay isang kinakatakutang. Kinakatakutan sina Juan, Herodias, at kaniyang mga panauhin—lubhang nakakalunga na hindi niya kinakatakutan ang Diyos!

**6:21** Mayroong tatlong mga pangkat ng mga panauhin: (1) mga sibil na awtoridad; (2) mga panghukbong awtoridad; at (3) lokal na mayaman at makapangyarihang mga pinuno.

▣ **"kung siya ay pinakikinggan niya"** Herodes alinman sa tinawag si Juan o pumunta sa kaniyang selda sa Machaerus (i.e., sa silangang panig ng Patay na Dagat, cf. Josephus, *Antiquities* 18.5.2).

▣ **"natitilihan siyang mainam; ngunit pinakikinggan niya siya na may galak"** Ito ay nagpapakita ang kabalintunaan ng isang taong lumapit sa katotohanan, ngunit itinatanggi ang liwanag (cf. Juan 3:19-21).

▣ Hinintay ni Herodias ang tamang pagkakataon—isang pangmadlang pagtitipon, isang inumang pagtitipon, isang makamundong sayaw, at isang pamangahas na pangako—upang pwersahin ang kamay ni Herodes na gawin ang kaniyang hiling.

**6:22 "anak na babae ni Herodias"** Siya ay tinawag na Salome ni Josephus, ang anak ni Felipe.

▣ **"sumayaw"** Iyon ay <u>hindi</u> karaniwang para sa babae ng kanyang panlipunang kalagayan na magsayaw sa ganitong uri ng pagtitipon. Ang mga mahalay ng mga sayaw ay kadalasang ginagawa ng mga patutot o propesyonal na mga mananayaw.

▣ **"'Hingin mo sa akin ang maibigan mo, at ibibigay ko sa iyo'"** Sinabi ito ni Herodes sa gitna ng kaniyang mga opisyal na pamahalaan at hindi na mababawi (cf. vv. 21,26).

**6:23 "ipinanumpa niya sa kaniya"** Ginamit niya ang pangalan ng Diyos upang tiyakin ang kaniyang pagiging totoo.

**6:24** Ang talatang ito ay nagpapatunay ng nakatagong mga layunin ng ina at sabwatan (cf. 28b).

**6:26** Ang pangangailangan ni Herodes na pahangain ang kaniyang mga kaibigan at pamilya ay pinangingbabawan ang kaniyang takot (*perilupos*, na nagpapahiwatig ng sukdulang pighati, cf. Mateo 26:38; Marcos 14:34).

**6:27 "kawal na bantay"** Ito ay isang Latin na termino para sa kaniyang natatanging mga tagabantay. Iyon sa orihinal ay tumutukoy sa isang espiya, ngunit dumating na ginamit ng isang berdugo (i.e., Seneca). Ang Marcos ay mas maraming Latin na mga termino at mga parilala kaysa sa iba pang Ebanghelyo. Iyon ay maaaring isinulat na tiyakan sa taga-Roma.

▣ **"sa bilangguan"** Sa *Antiquities* 18.5.2, sinasabi ni Josephus sa atin, na iyon ay kuta ni Herodes na pinangalanang Machaerus, na malapit sa Dagat na Patay ng Moab.

**6:29** Si Juan Bautista ay maliwanag na nasa kalooban ng Diyos. Ngunit ang kaniyang ministeryo ay nagtagal lamang ng halos labingwalong buwan. Bagaman ang talagang nagdulot ng kaniyang kamatayan ay ang pakana ng isang masamang babae, ang Diyos ang may kapangyarihan sa kasaysayan para sa Kaniyang mga layunin. Ang talatang ito rin ay nagpapakilala ng malasakit ng Hudyo para sa isang wastong paglibing.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 6:30-44

**[30]At ang mga apostol ay nangagpisan kay Hesus; at isinaysay nila sa kaniya ang lahat ng mga bagay na kanilang ginawa, at ang lahat ng kanilang itinuro. [31]At sinabi niya sa kanila, Magsiparito kayo ng bukod sa isang dakong ilang, at mangagpahinga kayo ng kaunti. Sapagkat marami ang nangagpaparoo't parito, at sila ay hindi man lamang mangagkapanahon na magsikain. [32]At nagsiyaon silang nangasa daong at nangapasa isang dakong ilang at bukod. [33]At nangakita sila ng mga tao sa pagalis, at sila ay nangakilala ng marami at paraparang nagsisitakbo na nagsiparoon doon mula sa lahat ng mga lungsod, at nangaunang nagsirating pa kay sa kanila. [34]At lumabas siya at nakita ang lubhang maraming tao, at nahabag siya sa kanila, sapagkat sila ay gaya ng mga tupa na walang pastor: at siya ay nagpasimulang tinuruan sila ng maraming bagay. [35]At nang gumabi na, ay nagsilapit sa kaniya ang kaniyang mga alagad, at nangagsabi, Ilang ang dakong ito, at gumagabi na; [36]Payaunin mo sila, upang sila ay magsiparoon sa mga bayan at mga nayon sa palibotlibot nito, at mangagsibili ng anomang makakain. [37]Datapuwa't siya ay sumagot at sinabi sa kanila, Bigyan ninyo sila ng makakain. At sinabi nila sa kaniya, Magsisiyaon ba kami at magsisibili ng dalawang daang denariong tinapay, at ipakakain namin sa kanila? [38]At sinabi niya sa kanila, Ilang tinapay mayroon kayo? magsiparoon kayo at inyong tingnan. At nang mangaalaman nila, ay kanilang sinabi, Lima, at dalawang isda. [39]At iniutos niya sa kanila na paupuin silang lahat na pulupulutong sa ibabaw ng damuhang sariwa. [40]At sila ay nagsiupong hanayhanay, na tigsasangdaan, at tiglilimangpu. [41]At kinuha niya ang limang tinapay at ang dalawang isda, at pagtingala sa langit, ay kaniyang pinagpala, at pinagputolputol ang mga tinapay; at ibinigay niya sa mga alagad upang ihain nila sa kanila; at ipinamahagi niya sa kanilang lahat ang dalawang isda. [42]At nagsikain silang lahat, at nangabusog. [43]At kanilang pinulot ang mga pinagputolputol, labingdalawang bakol na puno ng tinapay at mga isda naman. [44]At ang nagsikain ng mga tinapay ay limang libong lalake.**

**6:30 "Ang mga apostol"** Dito lamang ginamit ang termino sa Ebanghelyo ni Marcos. Kadalasan, tinatawag niya silang "mga alagad." "Apostol" ay nagmula sa isang Griyegong salita na ang kahulugan ay "isugo" (*apostellō*). Pumili si Hesus ng labingdalawa sa Kaniyang mga alagad na makakasama Niya sa isang natatanging kaunawaan at tinawag silang "mga apostol" (cf. Lucas 6:13). Ang PANDIWA na ito ay kadalasang ginagamit kay Hesus na isinugo ng Ama (cf. Mateo 10:40; 15:24; Marcos 9:37; Lucas 9:48; Juan 4:34; 5:24,30,36,37,38; 6:29,38,39,40,57; 7:29; 8:42; 10:36; 11:42; 17:3,8,18,21,23,25; 20:21). Sa Hudyong mga sanggunian, ang termino ay ginamit sa isang tao na ipinadala bilang isang opisyal na kinatawan ng iba, katulad sa "embahador." Ginagampanan nila ito sa pangmisyong paglalakabay bilang mga kinatawan ni Hesus. Ang kanilang kapangyarihan at awtoridad ay itinalaga.

▣ **"isinaysay nila sa Kaniya"** Ito ay bahagi ng pagsasanay ni Hesus. Tinuro Niya sa kanila, ipinakita sa kanila kung paan, isinugo sila, at tinagubilinan sila. Ito ang paraan kung paano sila natutuo. Tingnan si Robert Coleman, *The Master Plan of Evangelism*, na itanatala at ipinapatupad ang pagsasanay ni Hesus sa Kaniyang mga alagad/mga apostol.

**6:31** Habang kailangan ni Hesus na makawala mula sa siksikan ng karamihan ng tao (cf. 3:20), ngayon sa Kaniyang mga alagad. Ang mga tao ay dumarating upang matulungan, dalawampu't-apat na oras isang araw. Ang kanilang pagsasanay ay hindi lubos. Kailangan nila ng ilang sarilinan at ilang panahon!

**6:32 "daong"** Ang salitang ito ay kadalasang tumutukoy sa isang malaking pamalakang pangisda, na kayang tanganan ang labintatlong katao (cf. Mateo 4:21-22; 823; Mga Gawa 21:2-3), ngunit ginagamit din sa maliliit na bangka (cf. Lucas 5:2).

**6:33 "nagsisitakbo na nagsiparoon doon mula sa lahat ng mga lungsod"** Naiisip mo ba ang napakaraming ng tao na maysakit, lumbo, at mausisang mga tao na tumatakbo sa pampang? Ang mga tao ay desperado.

**6:34 "nahabag siya sa kanila"** Si Hesus palaging ay mayroong panahon para sa mga nangailangang tao (cf. Mateo 9:36).

▣ **"gaya ng mga tupa na walang pastor"** Ang talinghagang ito ay may isang batayan sa OT (cf. Bilang 27:17; Ezekiel 34:5; Zacarias 13). Ito ay maaaring isang tinalukbungang pagkabanggit sa mga salita ni Hesus sa Juan 10.

▣ **"siya ay nagpasimulang tinuruan"** Ang pagtugon ni Hesus sa mga pangangailangan ng karamihan ng tao ay Kaniyang katuruan. Sila ay nangangailangan ng espiritwal na pagkabuo, hindi lamang pisikal na pagpapanumbalik. Natugunana ni Hesus ang kapwa pangangailangan (cf. Mateo 14:14).

**6:35 "'Ilang ang dakong ito'"** Ito ay "liblib" na lugar ng v. 31.

**6:37 "'Bigyan ninyo sila ng makakain'"** Sinusubok ni Hesus ang pananampalataya ng mga alagad. Kanilang sinuri nang wasto ang suliranin, ngayon tugunan nito!

▣ **"dalawang daang denario"** Ang isang denario ay isang araw na suweldo para sa isang karaniwang manggagawa (cf. Mateo 20:2) o sundalo.

**6:38 "'Lima, at dalawang isda'"** Ang kanilang taglay ay hindi man lang sapat sa kanilang mga sarili. Si Hesus ay gumagamit ng pagkakataong ito upang ipakita sa mga alagad na ang kanilang taglay ay sapt at mas higit kung iyon ay ipinagkaloob sa Kaniya at kung sila ay magtitiwala sa Kaniya!

**6:39 "paupuin silang lahat na pulupulutong"** Ang wikaing ito (i.e., sa literal *sumpinō*, *sumpinō*, company, company) ay nagpapahiwatig na "humanda sa pagkain!" Si Hesus ay tila inuutusan ang mga alagad na tipunin ang karamihan ng tao para sa pamamahagi ng pagkain sa isang karaniwang pagkakaayos.

▣ **"sa ibabaw ng damuhang sariwa"** Ito ay isang saksing detalye ni Pedro. Ito ay nagpapahiwatig din ng isang panahon na malapit sa Pista ng Paskwa sa tag-sibol.

**6:41 "pagtingala sa langit"** Ang karaniwang pisikal na kalagayan para sa Hudyong panalangin ay nakatayo na ang mga bisig nakataas at ulo nakatingala at nakabukas na mata. Si Hesus ay ipinapakita na ang pinagmulan ng Kaniyang awtoridad ay ang Ama sa langit.

▣ **"pinagputolputol…ibinigay niya"** Ito ay isang AORIST PANAHUNAN at isang DI-GANAP NA PANAHUNAN. Ang himala ng pagpaparami ay nangyari sa mga kamay ni Hesus.

Ang kaagapay sa Juan 6 ay ginagawang hayagan ang teolohikong mga inaasahan ng karamihan ng tao. Ang mga Hudyo ng panahon ni Hesus inaasahang ang Mesias ang maglalaan ng pagkain para sa kanila gaya ng ginawa ni Moises sa panahon ng mga paglalagalag sa ilang (cf. Juan 6:30-40). Si Hesus ay nagbigay sa kanila ang tiyak na tanda na kanilang hinihingi, ngunit hindi nila, o ayaw nila, makita iyon.

**6:42** Ang kapahayagang ito ay ginamit sa Septuagint (i.e., ang Griyegong salin ng OT) para sa bayan ng Diyos sa OT na pinuno ng manna at pugo (cf. Mga Awit 78:29; 105:40). Ang paksang ito sa OT ay umunlad sa Juan 6:30-40, kung saan si Hesus ay tinupad ang rabinikal na inaasahan sa paglalaan ng pagkain gaya ng ginawa ni Moises. Si Hesus ang bagong Moises; ang Kaniyang pagpapalaya ay ang bagong exodo; at Siya ang nagdudulot ng bagong panahon ng kasaganahan (cf. Mga Awit 132:15; Isaias 49:10).

**6:43 "labingdalawang bakol na puno ng tinapay at mga isda naman"** Ito ay nagpapakita na si Hesus ay hindi gumagawa ng mga himala para sa kanilang araw-araw na pagkain. Sila ay kailangang magtipid para sa kanilang mga panghinaharap na pagkain.

Ang ilang mga tagapagpaliwanag (William Barclay) ay itinanggi ang mahimalang sangkap at ipinihayag na ang batang lalaki ay ibinahagi ang kaniyang tanghalian (cf. Juan 6:9) at ang iba sa karamihan ng tao ay nakita ang iyon at ibinahagi ang kanilang mga tanghalian. Kung gayon nga, nasaan nagmula ang natirang labindalawang bakol? Ang ating mga pagkiling ay nakakaapekto sa pagpapaliwanag sa katulad na paraan ang mga pagkiling ng mga tao sa panahon ni Hesus nakakaapekto sa kanila!

**6:44 "limang libong lalake"** Ito ay isang mahabang takbuhan (cf. v. 33) at isang mapanglaw na lugar (cf. v. 32). Mayroong maaaring hindi karamihang mga babae at mga anak. Hindi natin alaman ang ang tiyak na laki ng karamihan ng tao. Iyon ay malaki!

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 6:45-46

**[45]At pagdaka ay pinalulan niya sa daong ang kaniyang mga alagad, at pinauna sa kaniya sa kabilang ibayo, sa Betsaida, samantalang pinayayaon niya ang karamihan. [46]At pagkatapos na mapagpaalam niya sila, ay naparoon siya sa bundok upang manalangin.**

**6:45 "Betsaida"** Ang pangalan ng lungsod na ito ay nangangahulugang "bahay ng liwanag." Iyon ay sa kanlurang panig ng ang lawa.

▣ **"pinayayaon niya ang karamihan"** Ang kaagapay sa Juan 6 ay may napakaraming impormasyon tungkol sa reaksyo ng karamihan ng tao. Ang mga punto ni Marcos ay ang pagsasanay ng mga alagad at pagkahabag ni Hesus, habang ang tala ni Juan ay tinala kung paano natupad ni Hesus ang mga pangHudyong inaasahan tungkol sa Mesias na pagpapakain ang mga Hudyo gaya ng ginawa ni Moises (i.e manna). Sinubukan nilang gawin Siyang hari. Ito ay nagpapakita ng kanilang di-pagkaunawa sa misyon ni Hesus (i.e., tulad ng Kaniyang mga alagad, Kaniyang pamilya, at ang mga pang-relihiyong pinuno).

**6:46 "naparoon siya sa bundok upang manalangin"** Si Hesus ay mayroong palaging panahon sa panalangin. Ito ay lalong malinaw sa Ebanghelyo ng Lucas. Nalalaman ni Hesus ang ang himalang ito ay hindi mauunawaan. Gaya ng hindi Niya pagnanais na maging isang manggagamot, hindi Niya rin nais na maging isang tagabigay ng pagkain (cf. Juan 6:15). Siya ay dumating upang ihayag ang Ama, ngunit ang karamihan ng tao ay hindi o ayaw makita. Sa isang kaunawaan ito ay isang katuparan ng panunukso ni Satanas sa ilang sa panunukso sa tao ng tinapay (i.e., higit sa karaniwang pagpapakain, cf. Mateo 4:3-4).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 6:47-52

**[47]At nang dumating ang gabi, ang daong ay nasa gitna ng dagat, at siya ay nagiisa sa lupa. [48]At pagkakita sa kanila na totoong nangalulumbay sa paggaod, sapagkat sinasalunga sila ng hangin, at malapit na ang ikaapat na pagpupuyat sa gabi ay naparoon siya sa kanila, na lumalakad sa ibabaw ng dagat; at ibig silang lagpasan: [49]Datapuwa't sila, nang makita nilang siya ay lumalakad sa ibabaw ng dagat, ay inakala nilang siya ay isang multo, at nangagsisigaw; [50]Sapagkat nakita siya nilang lahat, at nangagulumihanan. Datapuwa't pagdaka ay nagsalita siya sa kanila, at sa kanila'y sinabi, Laksan ninyo ang inyong loob: ako nga; huwag kayong mangatakot. [51]At pinanhik niya sila sa daong; at humimpil ang hangin: at sila ay nanganggilalas ng di kawasa sa kanilang sarili; [52]Palibhasa'y hindi pa nila natatalastas yaong tungkol sa mga tinapay, dahil sa ang kanilang puso'y pinatigas.**

**6:48 "pagkakita sa kanila"** Iyon ay di-tiyak kung ito ay (1) pisikal na paningin o (2) higit sa karaniwang kaalaman.

▣ **"nangalulumbay sa paggaod"** Ito ay nagmula sa Griyego patungo sa Ingles bilang "pagpapahirap." Iyon ay mahirap na pagsasagwan laban sa hangin.

▣ **"malapit na ang ikaapat na pagpupuyat sa gabi"** Sa Romanong panahon ito ay 3:00 n.u. to 6:00 n.u.

▣ **"naparoon siya sa kanila, na lumalakad sa ibabaw ng dagat"** Ito ay ng isa pang himala sa kalikasan ni Hesus para sa ang layunin ng pagpapalakas ng pananampalataya ng mga alagad. Kanilang nasaksihan ang Kaniyang kapangyarihan at awtoridad sa maraming magkaibang mga paraan. Ngunit hindi pa rin nila naunawaan; sila pa rin ay natatakot (cf. vv. 49-50) at namamangha (cf. v. 51).

Maaaring ang himalang ito ay nangyari upang matupad ang Job 9:8; 38:16; Mga Awit 77:19; at Isaias 43:16. Si Hesus ay ay kumikilos ng pang-Diyos na pangkilos mula sa OT (cf. v. 52).

▣ **"ibig silang lagpasan"** Ito ay tila hindi umaakma sa konteksto maliban na iyon ay maiugnya sa Job 9:8 at 11! Sa talababa ng TEV, iyon ay may "sumama sa kanila." Ang pandiwang ito ay may ganitong kahulugan sa Lucas 12:32 at 17:7.

**6:49 "isang multo"** Ito sa literal ay ang terminong "parang multo" gaya ng Mateo 14:26. Ito ay isang malakas na terminong ginamit ng "pang-isip at espiritwal na pagkabalisa at ligalig" (cf. Ang Greek-English Lexicon nina Bauer, Arndt, Gingrich, at Danker, p. 805).

**6:50 "'Lakasan ang inyong loob'"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS na ginamit nang lubhang kadalasang ni Hesus (cf. Mateo 9:2,22; 14:27; Marcos 6:50; 10:49; Juan 16:33; Mga Gawa 23:11).

▣ **"'huwag matakot'"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG (*deponent*) PAUTOS na kadalasang ginagamit din ni Hesus (cf. Mateo 14:27; 17:7; 28:10; Marcos 6:50; Lucas 5:10; 12:32; Juan 6:20; Pahayag 1:17). Ito ay maiuugnay muli si Hesus kay Moises (cf. Exodo 14:13; 20:20). Si Hesus ay ang bagong Moises o ang bagong tagapagsalita ng Diyos (cf. Genesis 15:1; Josue 8:1).

**6:51** Kapuna-punang hindi makikita ang tala ng paglalakad ni Pedro (at paglubog) sa tubig (cf. Mateo 14:28-31). Si A. T. Robertson, sa *Word Pictures of the New Testament*, tomo 1, p. 319, ay may "Marahil, si Pedro ay hindi gustong sabihin ang salaysay."

**6:52 "Palibhasa ay hindi pa nila natatalastas"** Sila ay mabagal matuto. Si Hesus ay matiyaga sa kanila. Ito ay lubhang nagpapasigla sa akon!

▣ **"kanilang puso ay pinatigas"** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA KATAGA. Ito ay isang mahirap na teolohikong konsepto. Ipinapahiwatig na nito (ng BALINTIYAK NA TINIG) na ang Diyos o ang Espiritu ay sinara ang kanilang mga isipan? Maaaring iyon ay pangwikain para sa kanilang sariling mga pagkiling at pangHudyong mga tradisyon na nagpapabulag sa kanila sa katotohanang lubhang malinaw sa mga gawa at mga salita ni Hesus (cf. 8:17-18). Ang "taong" ito ay hindi umaakma sa anumang mga kaurian na kanilang nalalaman (cf. 4:13,40; 7:18). Ito ay isang inuulit na paksa sa Marcos. Tingnan ang Natatanging Paksa: Puso sa 2:6.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 6:53-56

**[53]At nang mangakatawid na sila, ay narating nila ang lupa ng Genezaret, at nagsisadsad sa daungan. [54]At paglunsad nila sa daong, pagdaka ay nakilala siya ng mga tao, [55]At nang malibot nilang nagtutumulin ang buong lupaing yaon, at nagpasimulang dalhin sa kaniya ang mga may-sakit na nasa kanilang higaan, saan man nila marinig na naroon siya. [56]At saan man siya pumasok, sa mga nayon, o sa mga bayan o sa mga bukid, ay inilalagay nila sa mga liwasan ang mga may-sakit, at ipinamamanhik sa kaniya na ipahipo man lamang sa kanila ang laylayan ng kaniyang damit: at ang lahat ng nagsihipo sa kaniya ay pawang nagsigaling.**

**6:55** Ito ay nagpapakita ang pangangailangan, ang kaguluhan, at ang pagkahabag at kapangyarihan ni Hesus**.** Ito rin ay isang aralin sa pagiging-una ng mga tao. Si Hesus ay palaging mayroong panahon para sa kanila.

**6:56 "ipahipo man lamang sa kanila ang laylayan ng kaniyang damit"** Ito ay tumutukoy sa Kaniyang "balabal pampanalangin" (cf. Bilang 15:38-40; Deuteronomio 22:12). Ang mga tao ay desperado at mapamahiin at makasarili.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Paano mo pangangasiwaan ang mga salungat sa pagitan ang magkaibang mga Ebanghelyo?
2. Bakit mayroong pagkakaiba ng opinyon kay Hesus?
3. Ang muling pagkabuhay ba ay isang di-karaniwang konsepto sa panahon ni Hesus?
4. Bakit pinahintulutan ng Diyos na ang isang kinamumuhian, masamang babae na magdulot ng kamatayan ng isang dakilang tao tulad ng Juan?
5. Bakit si Hesus ay nakahikayat nang napakaraming tao?
6. Bakit nagpakain si Hesus ng 5,000?
7. Paano ay Hesus' katuruan ministeryo nauugnay sa Kaniyang mga pagpapagaling?

# MARCOS 7

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Tradisyon ng Mga Matatanda | Karumihan mula sa Kalooban | Tradisyon ng Mga Matatanda | Ang Mga Turo ng Mga Ninuno | Ang Mga Tradisyon ng Mga Fariseo |
| 7:1-13 | 7:1-23 | 7:1-8 | 7:1-2 | 7:1-13 |
| | | | 7:3-4 | |
| | | | 7:5 | |
| | | | 7:6-7 | |
| | | | 7:8 | |
| | | 7:9-13 | 7:9-13 | |
| | | | Ang Mga Bagay na Nagpapa dungis sa Tao | Sa Malinis at Madumi |
| 7:14-23 | | 7:14-16 | 7:14-16 | 7:14-16 |
| | | 7:17-23 | 7:17-19 | 7:17-23 |
| | | | 7:20-23 | |
| Ang Babaeng Taga-Syrophoenicia | Ipinakita ng Hentil ang Kaniyang Pananampalataya | Ang Babaeng Taga-Syrophoenicia | Ang Pananampalataya ng Babae | Gumaling ang Anak ng Babaeng Syro-Phoenicia |
| 7:24-30 | 7:24-30 | 7:24-30 | 7:24-27 | 7:24-30 |
| | | | 7:28 | |
| | | | 7:29 | |
| | | | 7:30 | |
| Napagaling ang Bingi at Pipi | Pinagaling ni Hesus ang Binging Pipi | Mga Pagpapagaling | Si Hesus ay Nagpagaling ng Binging-Pipi | Ang Pagpapagaling ng Isang Bingi |
| 7:31-37 | 7:31-37 | 7:31-37 | 7:31-34 | 7:31-37 |
| | | | 7:35-37 | |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng pagpapaliwanag. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata
2. Pangalawang talata
3. Pangatlong talata
4. Atbp.

## MGA KAAGAPAY SA SINOPTIKONG EBANGHELYO

A. Marcos 7:1-23 ay kaagapay sa Mateo 15:1-20

B. Marcos 7:24-30 ay kaagapay sa Mateo 15:21-28

C. Marcos 7:31-8:9 ay kaagapay sa Mateo 15:29-38

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 7:1-8

**[1]At nakisama sa kanila ang mga Fariseo, at ilan sa mga eskriba, na nagsipanggaling sa Herusalem, [2]At kanilang nangakita ang ilan sa kaniyang mga alagad na nagsisikain ng kanilang tinapay ng mga kamay na marurumi, sa makatuwid baga'y mga kamay na hindi hinugasan. [3](Sapagkat ang mga Fariseo, at ang lahat ng mga Judio, ay hindi nagsisikain, kundi muna mangaghugas na maingat ng mga kamay, na pinanghahawakan ang mga sali't-saling sabi ng matatanda; [4]At kung nagsisipanggaling sila sa pamilihan, kung hindi muna mangaghugas, ay hindi sila nagsisikain; at may iba pang maraming bagay na kanilang minana, upang ganapin; gaya ng mga paghuhugas ng mga inuman, at ng mga saro, at ng mga inumang tanso.) [5]At siya ay tinanong ng mga Fariseo at ng mga eskriba, Bakit ang iyong mga alagad ay hindi nagsisilakad ng ayon sa sali't-saling sabi ng matatanda, kundi nagsisikain sila ng kanilang tinapay ng mga kamay na karumaldumal? [6]At sinabi niya sa kanila, Mabuti ang pagkahula ni Isaias tungkol sa inyong mga mapagpaimbabaw, ayon sa nasusulat, Ang bayang ito'y iginagalang ako ng kaniyang mga labi, Datapuwa't ang kanilang puso ay malayo sa akin. [7]Datapuwa't walang kabuluhan ang pagsamba nila sa akin, Na nagtuturo ng kanilang pinakaaral ng mga utos ng mga tao. [8]Nilisan ninyo ang utos ng Diyos, at inyong pinanghahawakan ang sali't-saling sabi ng mga tao.**

**7:1 "mga Fariseo"** Ang mga ito ay ang pinakamatapat na mga relihiyoso sa kanilang panahon. Sa pangkultura, sila ang magaling sa pinakamagaling. Madala na naitatala ni Hesus ang pakikipag-usap sa kanila (cf. 7:5-8; 11:27-33; 12:13-17). Tingnan ang mas buong tala sa Marcos 2:6.

▣ **"ilang sa mga eskriba. . .na nagsipanggaling sa Herusalem"** Ang mga pang-relihiyong pinuno ay palaging sumusunod Kaniya upang makahanap ng kamalian (cf. 3:22; Juan 1:19). Sila na tila ay isang opisyal na lupon na naghahanap ng katotohanan mula sa Sanhedrin (tingnan ang Natatanging Paksa sa Marcos 12:13) ng Herusalem. Ang Sanhedrin ay binubuo ng 70 na mga tao mula sa

1. namumunong pang-saserdoteng mga pamilya (i.e., mga Saduceo, tingnan ang Natatanging Paksa sa Marcos 12:18)
2. lokal na mga pang-relihiyong pinuno (i.e., mga Fariseo)
3. lokal na mayaman may-ari ng lupa

**7:2 "maruruming mga kamay, na hindi hinugasan"** Ito ay hindi pagkalusugan, ngunit pang-relihiyon (cf. v. 4). Ang pang-seremonyang kalinisan ay isang lubhang mahalagang bagay sa kanila (cf. Lucas 11:38; Mateo 15:2). Iyon ay ay makikita sa mga tiyak na termino ng Talmud. Ang pagtatalo ay tungkol sa mga Pasalitang Tradisyon, na nagpapaliwanag ng mga teksto sa OT.

▣ **"marumi"** Ito ang Griyegong termino na *koinos*, na nangangahulugang "karaniwan" o "magagamit ng lahat." Iyon ay ang pangalan na binigay ng mga makabago sa karaniwang Griyegong ng panahon ni Hesus. Ang Latin na terminong "vulgata" ay may katulad na kahulugan (i.e., magagamit ng lahat). Sa kontekstong ito, iyon ay tumutukoy sa kanila na tinawag na marumi sa pang-seremonya dahil sa paghawak sa ibang mga maruming bagay.

**7:3**
**NASB "kundi muna mangaghugas na maingat ng mga kamay"**
**NKJV "maliban na hugasan nila ang *kanilang* kamay sa isang natatanging paraan"**
**NRSV "maliban na sila ay lubusan maghugas ng kamay"**
**TEV "maliban na kanilang hugasan na kanilang kamay sa tamang paraan"**
**NJB "maliban na maghugas ng kanilang kamay hanggang siko"**

Mayroong isang Griyegong kasulatan na pagkakaiba sa pariralang ito. Ang pinaka di-karaniwang pagbasa ay *pugmē*, ay nangangahulugang "kamao," na matatagpuan sa sinaunang ansialong mga kasulatan A, B, at L, habang *pukna*, na ang kahulugan ay "madalas," ay matatagpuan sa א, W, at ang Vulgata at Peshitta. Ang ilang sinaunang mga teksto tinanggal lamang ang panaklong ng vv. 3-4 (i.e., ika-9 na siglong kasulatan 037, na kilala sa Griyegong malaking titik na delta, at ilang Koptikong at Syriac na mga salin at ang Diatessaron). Ang UBS[4] binibigyan ang opsyon #1 na "A" na antas (tiyak).

Iyon ay maaari na ang mahirap na Griyegong termino ay nagpapakilala ng isang Griyegong salin ng isang Aramaikong parirala "maliban na sila ay maghugas ng kanilang mga kamay sa isang (natatanging) pitsel" (cf. *Theological*

*Dictionary of the New Testament*, na pinatnugot nina Gerhard Friedrich at Geoffrey W. Broomiley, tomo 6, p. 916). Ang mga Fariseo ay kinuha ang pangangailangan ng OT para sa mga saserdote na naglilingkod sa Templo at pinalawak sa kanilang lahat na "tunay na" mga Hudyo bawat panahon. Sila ay idinagdag sa kautusan ni Moises.

Ang isa pang opsyon ay tinitingnan iyon iyon bilang isang rabinikal na pamamaraan ng paghuhugas ng mga kamay at mga bisig na may nakasarang kamao, ngunit ito ay walang patunay sa anumang isinulat na rabinikal na tradisyon, maliban sa iyon ay tumutukoy sa konsepto ng pagsaalo ng tubig na ibinuhos sa mga siko (habang ang mga kamay ay nakababa) na may isang nakabukang kamay upang iyon ay maikiskis muli sa siko.

Ang terminong "hugasan" (*niptō*, cf. Mateo 15:2) ay kadalasang ginamit upang tumutukoy sa hinuhugasang bahagi ng katawan at hindi sa isang buong pagligo (i.e., *louō*, cf. Juan 13:10).

**"na pinanghahawakan ang mga sali't-saling sabi ng matatanda"** Ang mga tradisyon (cf. taga-Galacia 1:14) ay isinatitik sa Talmud (i.e., Mishna). Mayroong dalawang pagkalimbag ang mga rabinikal na tradisyong ito. Ang mas kumpletong isa ay mula sa Babilonyang Talmud at ang di-natapos na isa ay mula sa Palestino. Ang makabagong pag-aaral ng panitikang ito ay nahadlangan dahil wala ni isa ang nakakatiyak kung mga pagtalakay na ito sa orihinal ay isinawika o naitala. Dalawang kinalaunang rabinikal na mga paaralan ng pagpapaliwanag ay umunlad, isang konserbatibo (i.e., *Shammai*) at isang liberal (i.e., *Hillel*). Ang lahat ng mga isyu ay pinagtalunan batay sa rabinikal na mga pagtalakay na ito. Ang mga rabbi ay sumisipi sa kanilang hinalinhan bilang may awtoridad.

**7:4 "kung hindi muna mangaghugas"** Ang mga Hudyo ay pinalawak ang mga kautusan kaugnay sa pagpasok ng ssaserdote sa tabenakulo na isinama ang lahat ng mga Hudyo (cf. Exodo 30:19). Ang mga tuntunin ay nauugnay sa pang-seremonyang kalinisan. Sila ay umunlad sa mahabang yugto ng panahon sa pamamagitan ng pagkilala at pag-intindi mula sa mga Levitikong kautusan.

Mayroong isang kaibahan sa Griyegong kasulatan sa pariralang ito. Ang ilang Griyegong mga teksto ay may:

1. AORIST PANGGITNANG PASAKALI ng *baptizō* (i.e., MSS A, D, W gayundin ang Vulgata at Syriac na mga salin)
2. PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG ng *baptizō* (i.e., MSS F, L)
3. AORIST PANGGITNANG PASAKALI ng *rantizō* "pagwisik" (i.e., MSS א, B at ang Koptikong salin). Karamihan ng makabagong mga salin pumapanig sa opsyon #1. Ang mga sinaunang eskriba ay maaring idinagdag ang #3 dahil ang *baptizō* ay naging isang teknikal na termino para sa Kristiyanong bautismo.

Ang UBS$^4$ ay binibigyan ang #1 ng isang "B" na antas (halos tiyak).

**NASB "at ng mga inumang tanso"**
**NKJV "mga sisidlan at lalagyang tanso"**
**NRSV "mga kalderong tanso"**
**TEV "mga tansong mangkok at higaan"**
**NJB "mga bronseng pinggan"**

Ang terminong ito "mga palayok" ay isang terminong Latin. Ang Marcos ay gumagamit mas maraming mga salitang Latin kaysa sa ibang aklat ng NT. Ito ay maaaring nagpapakilala na ito ay isinulat sa Roma para sa taga-Roma.

Mayroong isang Griyegong tekstwal na kaibahan na nagdaragdag ng *klinōn* (i.e., mga higaan o mga sopa) sa mga kasulatang A, D, at W, habang sa $P^{45}$, א, B, at L ay tinatanggal iyon. Maaaring mga eskriba, na nalalaman ang Levitico 15, ay idinagdag ang parirala, o nang lumaon ang mga eskriba, na di-pamilyar sa teksto ng OT, ay inisip iyon na wala sa lugar at tinanggal iyon. Ang haka-haka ay nakakawili, ngunit sa teolohiya ay walang halaga.

**7:5 "siya ay tinanong"** Ito ay isang DI-GANAP NA panahunan na nagpapahiwatig na sila ay nagtanong sa Kaniya nang paulit-ulit o kung hindi ay nagsimulang magtanong sa Kaniya.

**"hindi nagsisilakad ng ayon sa sali't-saling sabi ng matatanda"** Ito ay isang mahalagang pang-relihiyong paksa para sa kanila. Mayroong isang naitala pangyayari sa Hudyong panitikan na ang isang rabbi ay naitiwalag para sa kabiguang hugasan nang wasto ang kaniyang mga kamay. Ang Talmud, na naitala ang kanilang rabinikal na mga pagtalakay sa kung paano mauunawaan at maisasakatuparan ang mga teksto sa OT, ay naging "ang awtoridad."

**7:6 "'Mabuti ang pagkahula ni Isaias tungkol sa inyo'"** Naniniwala si Hesus na sa kasaysayan, ang mga partikular na mga teksto sa OT mula sa panahon ni Isaias ay nauugnay sa mga salin-lahi ng Fariseo pagkalipas nang pitungdaang taon. Ito ay nagpapakita ang kahalagahan ng Banal na Kasulatan sa bawat bagong salin-lahi. Ang mga katotohanan ng Diyos ay naapektuhan ng kultura, ngunit sila rin ay nangingibabaw sa panahon at kultura! Sinisipi ni Hesus ang Isaias 29:13.

**"mga mapagpaimbabaw"** Ito ay isang tambalan mula sa dalawang mga salita na "ilalim" at "humatol." Iyon ay isang terminong ginamit upang ilarawan ang mga artista na gumaganap ng isang bahagi sa likod ng isang maskara. Sinasakdal ni Hesus sila sa labis na kasigasaigan sa ilang mga isyu, ngunit lubusang pagmamaliit sa iba (cf. Isaias 29:13; taga-Colosas 2:16- 23). Iyon ay hindi aksidente na "mga mapagpaimbabaw" at paghuhugas ng kamay ay makikitang magkasama sa Mga Awit 26:4 at 6!

## NATATANGING PAKSA: MGA MAPAGPAIMBABAW (sa Mateo) (HYPOCRITES (sa Mateo))

Ang tambalang termino (*hupokritēs*) sa literal ay isinaling "hatulan pailalim." Iyon ay maaaring nangahulugang (1) isang pang-teatrong salita para sa pagsasalita mula sa likod ng isang maskara (i.e. pag-arte sa palabas) o (2) mas sinaunang paggamit ay "labis na pagpapaliwanag."

Ang mga Fariseo ay gumagawa ng mga pang-relihiyong seremonya at mga rituwal (kadalasang pangmadla) upang papurihan ng ibang mga tao, hindi upang malugod ang Diyos (bagaman ako ay tiyak na isa iyan sa maraming mga layunin):

1. nagbigay ng limos, hindi lamang para tumulong sa mahihirap, ngunit upang papurihan ng mga tao, Mateo 6:2
2. nanalangin sa sinagoga at sa madla upang makita ng mga tao, Mateo 6:5
3. kapag sila ay nag-aayuno, mukha silang gulong-gulong upang ang iba ay humanga sa kanilang espirituwalidad, Mateo 6:16
4. sila ay nagsasabi ng isang bagay ngunit iba naman ang ginagawa (cf. Mateo 15:7-9; Marcos 7:1-7; Isaias 29:13)
5. sinusubukan nilang hulihin si Hesus ng mapanlinlang na mga tanong, hindi isang pagsisiyasat para sa tunay na karunungan, Mateo 22:15-22
6. hinahadlangan nila ang ibang sa pagpasok ng Kaharian, Mateo 23:13-15
7. sila ay nagbibigay ang ikapu sa mga maliliit na gulay, ngunit nakaligtaan ang mga mahalagang bagay ng Kautusan, Mateo 23:23
8. sila ay naglilinis ng panlabas ng kopa, ngunit hindi ang loob, Mateo 23:25
9. sila ay isang puntod na pininturahan ng kalburo na puno na karumihan, Mateo 23:27 (cf. *Dictionary of Biblical Imagery*, p. 415)
10. sila ay makasarili, Mateo 23:29-30
11. sila ay may isang natatanging lugar sa impyerno, Mateo 24:51

▣ **"ayon sa nasusulat"** Ito ay GANAP NA PANAHUNAN na nangangahulugang "iyon ay tumatayong nakasulat." Ito ay isang pamantayan ng Hudyong wikain para sa pagtukoy ng kinasihang Kasulatan (cf. 9:12-13; 11:17; Mateo 4:4,7,10). Ang sipi ay mula sa Septuagint ng Isaias 29:13, na naglalarawan ng pantaong sariling-katuwiran. Si Hesus ay nagbigay ng isang halimbawa nito sa vv. 9-19 at sa ang kaagapay ng Mateo 15:4-6.

▣ **"'PUSO'"** Para sa mga Hudyo ito sentro ng pagkilos sa isipan, samakatuwid, ang batayan ng pagkilos. Ginamit nila ang pang-relihiyong ritwal bilang isang kaparaanan sa pagtatamo ng pagtanggap ng Diyos. Ang kanilang mga tradisyon ay naging hantungan! Ito ay palaging isang panganib sa mga taong pang-relihiyon. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:6.

▣ **"'AY MALAYO'"** Ito ay nangangahulugang "tanganan sa kalayuan." Ang mga kasanayang pang-relihiyon ay kadalasang ginagamit upang dayain ang lubusang dedikasyon sa Diyos. Kadalasang relihiyon ay isang hadlang, hindi isang tulay, sa Diyos.

**7:7** Anong isang nakakapangwasak na kahatulan ng pang-relihiyong pagbabalatkayo at pormalismo.

**7:8 "nilisan"** Ito ay nangangahulugang "itinaboy" (i.e., kautusan ng Diyos) at ay sa tuwirang pagkakaiba to "tanganana," na nangangahulugang "sunggaban," "unawain," o "kumapit sa" mga tradisyon.

▣ **"ng utos ng Diyos, at inyong pinanghahawakan ang sali't-saling sabi ng mga tao"** Ang isyu ay kapahayagan (OT) laban sa tradisyon (Talmud). Ito ay isang isyu para sa bawat tao sa bawat kultura (o denominasyon). Ang awtoridad sa relihiyon ay isang napakahalaga isyu!

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 7:9-13

**[9]At sinabi niya sa kanila, Kayo ay mga dalubhasa sa pagtatakwil ng utos ng Diyos, upang mangaganap ninyo ang inyong mga sali't-saling sabi. [10]Sapagkat sinabi ni Moises, Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina; at, Ang manungayaw sa ama o sa ina, ay mamatay siyang walang pagsala: [11]Datapuwa't sinasabi ninyo, Kung sabihin ng isang tao sa kaniyang ama o sa kaniyang ina, Yaong mangyayaring pakinabangan mo sa akin ay Corban, sa makatuwid baga'y, hain sa Diyos; [12]Hindi na ninyo siya pinabayaang gumawa ng anoman na ukol sa kaniyang ama o sa kaniyang ina; [13]Na niwawalang kabuluhan ang salita ng Diyos ng inyong sali't-saling sabi, na inyong itinuro: at nagsisigawa kayo ng iba pang maraming bagay na kawangis nito.**

**7:9**
**NASB "Kayo ay mga dalubhasa sa pagtatakwil"**

**NKJV** **"Lahat ay lubhang magaling sa pagtatakwil"**
**NRSV** **"Ikaw ay may isang mabuting paraan ng pagtanggi"**
**TEV** **"Ikaw ay may mahusay na paraan ng pagtanggi"**
**NJB** **"Napakamaparaan ninyo na magpaikot"**

Ito ay nakakasakit na panunuya, na tulad ng Juan 3:10.

**7:10 "sinabi ni Moises"** Ang kaagapay ng Mateo 15:4 ay may, "sinabi ng Diyos." Ito ay nagpapakita inspirasyon ng Diyos sa likod ng mga salita ni Moises.

▣ **"'IGALANG'"** Ito ay isang sipi mula sa Sampung Utos na naitala sa Exodo 20:12 at inulit sa Deuteronomio 5:16. Iyon ay mula sa isang Hebreong pangkalakalang salita na "magbigay ng karapatdat na halaga" (BDB 457), na nangangahulugan na kilalanin ang halaga ng isang bagay.

**7:11 "kung"** Ito ay isang PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na nagpapahayag ng maaaring pagkilos. Si Hesus ay tumutukoy sa pangkasalukuyang mga paraan ng pandaraya sa Kautusan ng Diyos (cf. v. 12).

▣ **"'ANG IYONG AMA AT ANG IYONG INA'"** Ito ay nagpapakita ng kinakailangang paggalang sa kapwa mga magulang.

▣ **"'ANG MANUNGAYAW SA AMA O SA INA'"** Ito ay isang sipi mula sa Exodo 21:17. Ang kawalang-galang ay nagdadala ng malubhang kahatulan. Ang mga rabbi ay isinatabi ang talatang ito sa pamamangitan ng kanilang mga tradisyon.

▣ **"'Corban'"** Ito ay isang Griyegong pagsasatitik ng Hebreong (hindi Aramaiko) "kaloob" ipinagkaloob sa Diyos (i.e., o sa Templo, cf. NKJV). Si Hesus ay nagpapakita ng isang halimbawa kung paano dinaya ng mga Hudyong relihiyoso ng Kaniyang Panahon ang layunin at ipinahayag na mga kautusan ng OT sa pamamagitan ng kanilang mga Pasalitang Tradisyon. Sila ay nagbalangkas ng maraming mga butas sa kanilang mga Pasalitang Tradisyon (cf. Mateo 5:33-34; 23:16-22).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 7:14-16

**[14]At muling pinalapit niya sa kaniya ang karamihan, at sinabi sa kanila, Pakinggan ninyong lahat ako, at inyong unawain: [15]Walang anomang nasa labas ng katawan ng tao, na pagpasok sa kaniya ay makakahawa sa kaniya; datapuwat ang mga bagay na nagsisilabas sa tao yaon ang nangakakahawa sa tao. [16]Kung ang sinoman ay may pakinig na ipakikinig ay makinig.**

**7:14 "muling pinalapit niya sa kaniya ang karamihan"** Inilantad ni Hesus ang pagbabalatkayo ng mga eskriba at kanilang mga tradisyon.

Ang NKJV ay may terminong *panta* (i.e., lahat) sa halip na *palin* (i.e., muli).

▣ **"'pakinggan…unawain'"** Ang mga ito ay kapwa AORIST TAHAS NA MGA PAUTOS. Ang pariralang ito ay nagpapakilala ng isang mahalaga at nakakagulat na halimbawa.

**7:15** Ito ay isang klasikong halimbawa ng muling pagpapaliwanag ni Hesus ng OT (cf. Mateo 5:17-48). Pinapawalang-bisa Niya ang kautusang sa pagkain sa Levitico 11. Ito ay isang makapangyarihang paraan ng pagpapahayag ng Kaniyang awtoridad (i.e., Maaari Niyang baguhin o pabulaanan ang OT, ngunit hindi sila). Ito rin ay isang salita ng babala sa kanilang gumagawa ng isang pang-relihiyong paksa sa pagkain at inumin (cf. taga-Roma 14:13-23; I taga-Corinto 8:1-13; 10:23-33). Ang mga salita ni Hesus ay naghahayag ng natatanging kalayaan ng Bagong Kasunduan (cf. taga-Roma14:1-15:13; I taga-Corinto 8-10).

**7:16** Ang talatang ito ay isinama sa maraming Griyegong ansialong mga kasulatan (A, D, K, W, θ), ang Diatessaron, at ang Griyegong mga teksto na ginamit ni Augustino (cf. NKJV at NJB). Gayunman, iyon ay tinanggal sa MSS א, B, at L. Iyon ay maaaring isang karagdagan ng mga eskriba mula sa Marcos 4:9 o 23. Ang NASB (1995 Binago) ay sinasama iyon sa mga panaklong upang ipakita na mayroong ilang pagduruda na iyon ay orihinal. Ang USB[4] ay binibigyan ng antas ang pagtatanggal bilang "A" (tiyak).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 7:17-23

**[17]At nang pumasok siya sa bahay na mula sa karamihan, ay itinanong sa kaniya ng kaniyang mga alagad ang talinghaga. [18]At sinabi niya sa kanila, Kayo baga naman ay wala ring pagiisip? Hindi pa baga ninyo nalalaman, na anomang nasa labas na pumapasok sa tao, ay hindi nakakahawa sa kaniya; [19]Sapagkat hindi**

**pumapasok sa kaniyang puso, kundi sa kaniyang tiyan, at lumalabas sa dakong daanan ng dumi? Sa salitang ito'y nililinis niya ang lahat ng pagkain. [20]At sinabi niya, Ang lumalabas sa tao, yaon ang nakakahawa sa tao. [21]Sapagkat mula sa loob, mula sa puso ng mga tao, lumalabas ang masasamang pagiisip, ang mga pakikiapid, ang mga pagnanakaw, ang mga pagpatay sa kapuwa-tao, ang mga pangangalunya, [22]Ang mga kasakiman, ang mga kasamaan, ang pagdaraya, ang kalibugan, ang matang masama, ang kapusungan, ang kapalaluan, ang kamangmangan: [23]Ang lahat ng masasamang bagay na ito ay sa loob nagsisipanggaling, at nangakakahawa sa tao.**

**7:17 "itinanong sa kaniya ng kaniyang mga alagad"** Mateo 15:15 ay nagsasabing si Pedro. Ang mga salits ni Hesus ay lubhang nakakagulat sa mga Hudyong ito ng unang siglo! Si Hesus ay pinapawalang-bisa si Moises! Sino ang inaangkin ng di-opisyal na rabbi na maging?

**7:18 "'ayo baga naman ay wala ring pagiisip'"** Si Hesus ay nagulat sa kabagalang makaunawa ng mga alagad. Ang Kaniyang mensahe ay lubhang naiiba mula sa kung ano ang kanilang narinig sa buo nilang buhay (i.e., teolohiya ng Fariseo). Tradisyon ay napakahirap itama (cf. 4:13,40; 6:52; 8:21). Ang pagtitiwala kay Hesus bilang ang ipinangakong Mesias ay nangahulugang isang radikal na pagbali sa kanilang itinatanging mga tradisyon at pangkulturang mga inaasahan. Ang "Buhay na Salita" ay pinalitan ang "isinulat na salita"! Ang mga mananampalataya ay sinasamb si Hesus, hindi ang Bibliya.

Kadalasan, mga tagapagpaliwanag ay sinasabing itianggi ni Hesus ang pasalitang tradisyon ng mga Hudyo, ngunit palaging pinaninindigan ang mga kautusan ng OT. Gayunman, ang patangging ito ng mga kautusan sa pagkain at Kaniyang patanggi sa katuruani Moises sa paghihiwalay sa Mateo 5:31-32 (cf. Marcos 10:2-12) ay maliwanag na nagpapakita na si Hesus ay nakita ang Kaniyang sarili bilang wastong tagapagsalin at kahit na ang Panginoong nakakahigit sa OT (cf. Mateo 5:38-39). Siya ay pangwakas na kapahayagan ng Diyos. Wala sa atin na minamahal ang Bibliya ay nararamdaman ng ginahawa dito. Nakikita natin ang Bibliya bilang makapangyarihan at mahalaga. Gayunman, gaano karaming ibang mga teksto sa OT teksto na nakita ni Hesus na hindi maliwanag na naghahayag ng layunin ng Ama? Ito ay hindi lamang nakakagulat sa mga eskriba, sa isang kabuuan ay nakapagpagulat sa akin! Iyon ay nagpapaalala sa akon na ang OT ay hindi inuutos para sa mga mananampalataya sa NT (cf. Mga Gawa 15; taga-Galacia 3). Iyon tiyaka na Banal na Kasulatan at iyon ay tiyakang nagpapahayag ng Diyos, ngunit hindi ako saklaw ng mga rituwal o mga pamamaraan nito (cf. Mga Gawa 15:6-11,19). Ako ay saklaw ng pananaw sa mundo nito at kapahayagan ng Diyos at Kaniyang mga layunin at mga pangako (cf. Mateo 5:17-20)!

**7:19**
**NASB, NRSV "(Sa salitang ito ay nililinis niya ang lahat ng pagkain)"**
**NKJV "samakatuwid ay nililinis ang lahat ng mga pagkain"**
**TEV "(. . .ipinahayag ni Hesus na ang lahat ng mga pagkain ay angkop na kainin)"**
**NJB "(Samakatuwid, kanyang ipinahaya na malinis ang lahat ng pagkain)"**

Ang mga panaklong ay nagpapakilala ng pananaw na tagapagsalin na iyon ay isang puna ng patnugot (maaaring mula sa karanasan ni Pedro sa Mga Gawa 10). Iyon ay isang mahalagang katotohanan sa NT (cf. taga-Roma 14:13-23; I taga-Corinto 8:1-13; 10:23-33). Ang mga tao ay hindi matuwid sa Diyos batay sa kung ano ang kanilag kinakain o hindi! Ang bagong kasunduan ay hindi batay sa mga tuntunin ng OT (i.e., Levitico 11; Mga Gawa 15). Ang Diyos ay tumitingin sa puso, hindi ang tiyan!

**7:20** Ang mga rabbi ng OT ay sinabing ang isipan ay isang mataba, nakahandang lalagyanan ng binhi at ang mga mata at mga tainga ay mga bintana ng ang kaluluwa. Anuman ang ipinahintulot na pumasok, ay mag-uugat. Ang kasalanan ay nagsisimula sa buhay-isipan at lumalago sa mga gawa. Human speech ay nagpapahayag ng ang puso!

## NATATANGING PAKSA: PANTAONG WIKA (HUMAN SPEECH)

I. MGA PANIMULANG KAISIPAN MULA SA MGA KAWIKAAN
   A. Ang wika ay bahagi ng ang larawan ng Diyos sa sangkatauhan (i.e., ang nilikha ay isinawika sa pag-iral at ang Diyos ay kinakausap ang Kaniyang taong nilikha). Iyon ay isang malahagang bahagi ng ating pagiging-tao.
   B. Ang pantaong wika ay binibigyan tayo ng kakayahang makipag-usap sa iba sa ating nararamdaman tungkol sa buhay. Samakatuwid, iyon ay nagpapahayag kung sino tayo (Pro. 18:2; 4:23 [20-27]). Ang wika ay isang pagsusulit ng isang tao (Pro. 23:7).
   C. Tayo ay mga nilalang ng lipunan. Tayo ay nagmamalasakit na may pagtanggap at pagpapatibay. Kailangan natin iyon mula sa Diyos at mula sa ating kapwa tao. Ang mga salita ay may kapangyarihan na matugunan ang mga pangangailangang ito sa kapwa paayon (Pro. 17:10) at salungat (Pro. 12:18) mga paraan.
   D. Mayroong napakalaking kapangyarihan sa pangtaong wika (Pro. 18:20-21)—kapangyarihan na magpala at magpagaling (Kawikaan 10:11,21) at kapangyarihan manumpa at magwasak (Kawikaan 11:9).
   E. Aanihin natin kung ano ang ating itinanim (Kawikaan 12:14).

II. MGA PANUNTUNAN MULA SA MGA KAWIKAAN

A. Ang salungat at mapangwasak na potensyal ng pangtaong wika

1. ang mga salita ng masamang mga tao (1:11-19; 10:6; 11:9,11; 12:2-6)
2. ang mga salita ng nakikiapid (5:2-5; 6:24-35; 7:5ff; 9:13-18; 22:14)
3. ang mga salita ng sinungaling (6:12-15,19; 10:18; 12:17-19,22; 14:5,25; 17:4; 19:5,9,28; 21:28; 24:28; 25:18; 26:23-28)
4. ang mga salita ng mangmang (10:10,14; 14:3; 15:14; 18:6-8)
5. ang mga salita ng bulaang saksi (6:19; 12:17; 19:5,9,28; 21:28; 24:28; 25:18)
6. ang mga salita ng isang tsismoso (6:14,19; 11:13; 16:27-28; 20:19; 25:23; 26:20)
7. ang mga salita madaling magsalita (6:1-5; 12:18; 20:25; 29:20
8. ang mga salita ng pagmamapuri (29:5)
9. lubusang maraming salita (10:14,19,23; 11:13; 13:3,16; 14:23; 15:2; 17:27-28; 18:2; 21:23; 29:20)
10. mga makasalanang salita (17:20; 19:1)

B. ang paayon, pagpapagaling at pagpapalakas na potensyal ang pantaong wika

1. ang mga salita ng matuwid (10:11,20-21,31-32; 12:14; 13:2; 15:23; 16:13; 18:20)
2. ang mga salita ng nakakaunawa (10:13; 11:12)
3. ang mga salita ng kaalaman (15:1,4,7,8; 20:15)
4. ang mga salita ng pagpapagaling (15:4)
5. ang mga salita ng isang mahinahong tugon (15:1,4,18,23; 16:1; 25:15)
6. ang mga salita ng isang nakakalugod na tugon (12:25; 15:26,30; 16:24)
7. ang mga salita ng kautusan (22:17-21)

III. ANG HUWARAN SA OT NA NAGPAPATULOY SA NT

A. Ang pantaong wika ay binibigyan tayo ng kakayahang makipag-usap sa iba sa nararamdaman natin tungkol sa buhay; samakatuwid, iyon ay nagpapahayag ng sino talaga tayo (Mateo 12:33-37; 15:1-20; Marcos 7:2-23).

B. Tayo ay mga nilalang ng lipunan. Tayo ay nagmamalasakit na may pagtanggap at pagpapatibay. Kailangan natin iyon mula sa Diyos at mula sa ating kapwa tao. Ang mga salita ay may kapangyarihan na matugunan ang mga pangangailangang ito sa kapwa paayon (Pro. 17:10) at salungat (Pro. 12:18) mga paraan.

C. Mayroong napakalaking kapangyarihan sa pangtaong wika; kapangyarihan na magpala (taga-Efeso 4:29) at kapangyarihan na manumpa (Santiago 3:9). Tayo ay may pananagutan sa kung ano ang sinasabi natin (Mateo 12:36-37; Santiago 3:2-12).

D. Tayo ay hahatulan sa pamamagitan ng ating mga salita (Mateo 12:33-37; Lucas 6:39-45) gayundin naman ng ating mga gawa (Mateo 25:31-46). Aanihin nating kung ano ang ating tinanim (taga-Galacia 6:7).

**7:21 "mula sa puso ng mga tao"** Si Hesus ay nagtatala ng isang kalipunan ng makasalanan mga pag-uugali at mga gawa. Ang katulad na mga uri ng mga kasalanan ay sinusumpla ng *Stoics*. Si Pablo rin ay may maraming naitalang mga kasalanan tulad nito (cf. taga-Roma 1:29-31; I taga-Corinto 5:11; 6:9; II taga-Corinto 12:20; taga-Galacia 5:19-21; taga-Efeso 4:31; 5:3-4; taga-Colosas 3:5-9; II Timoteo 3:2-5). Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Bisyo at Mga Magandang-asal sa I Pedro 4:2.

▣ **"mga pakikiapid"** Ang Ingles na salitang "pornograpiya" ay kabahagi sa katulad na salitang ugat tulad ng Griyegong terminong ito. Iyon ay nangahulugang anumang di-wastong pang-sekswal na pagkilos: pagtatalik ng mga hindi mag-asawa, kabaklaan, pagtatalik sa hayop, at kahit na pagtanggi sa mga pananagutang *Levirate* (isang kapatid na lalaki na nabigong magkaroon ng sekswal na ugnayan sa balo ng isang namatay na kapatid upang makapagkaloob ng isang tagapagmana).

Sa ang OT, mayroon isang pagkakaiba sa pagitan pagtataksil sa kasal (pangangalunya) at karumihang sekswal sa hindi mag-asawa (pakikiapid bago mag-asawa). Gayunman, pagkakaibang ito ay nawala sa NT yugto.

▣ **"pagpatay sa kapuwa-tayo… mga kasakiman…pagdaraya…kapalaluan"** Ang katulad na mga termino ay naglalarawan ng paganong mundo sa taga-Roma 1:29-31. Sila ay nagpapakita ng isang pusong hindi nagpapasakop, isang puso na nakakiling "mas para sa sarili sa anumang halaga."

▣ **"mga pangangalunya"** Ito ang salitang *moicheia*, na tumutukoy sa mga sekswal na ugnayan sa labas ng kasal (cf. I taga-Corinto 6:9-10). Iyon ay ginamit nang patalinghaga para sa pagsamba sa diyus-diyosan. Sa OT, si YHWH ang asawang lalaki at Israel ang asawang babae; samakatuwid, ang pagpunta sa ibang mga diyus-diyosan ay isang anyo ng pagtataksil.

▣ **"kalibugan"** Ito ay ginamit sa taga-Roma 13:13 upang ipakita kung paano ang mananampalataya dapat hindi mamuhay. Sa *Greek-English Lexicon of the New Testament Based on Semantic Domains*, tomo 1, p. 771, sina Louw at Nida ay binigay ang kahulugan ng terminong ito bilang "pag-uugaling lubusang nagkulang sa pagpipigil, kadalasang may kahihinatnan na walang pang-sekswal na pagpipigil." Pansinin kung paano ang maraming mga terminong ito ay

nagpapahiwatig isang sekswalidad na walang pagpipigil, na lubhang katangian ng paganong kultura ng unang siglo.

**7:22** Ang pagkakasunod-sunod ng talang ito ng mga kasalanan nagbabago sa iba't-ibang mula salin. Sa buod, ang buhay na malayo sa Diyos ay walang katakdaan! Ang tala ni Pablo sa taga-Galacia 5:19-21 ay naglalarawan ang masama at ang tala sa taga-Galacia 5:22-23 ay naglalarawan ng maka-Diyos.

▣
**NASB, NRSV,**
**NJB** **"ang matang masama"**
**NKJV** **"isang masamang panahon"**
**TEV** **"pagkainggit"**

Ito sa literal ay "isang masamang mata" (cf. NASB tala sa gilid). Sa mga *Near East* na mga tao ay lubhang conscious ng someone putting isang hex on kanila (i.e., active masamang). Sa Hebreong iyon ay may ang kahulugan ng self-centered jealousy (cf. Deuteronomio 15:9; Prov. 23:6).

▣
**NASB, NRSV,**
**TEV, NJB** **"kapusungan"**
**NKJV** **"kalapastanganan"**

Ang termino sa literal ay "pamumusong," na tumtukoy sa pagwiwika tungkol sa isang tao na hindi tunay. Iyon ay maaaring ginamit sa paninirang-puri o mga kasinungalingan tungkol sa Diyos o mga tao (cf. Mga Gawa 6:11; taga-Roma 2:24).

▣ **"kapalaluan"** Ito ay tumutukoy sa isang mapagmataas, mapanglait, o mapagmataas na tao (cf. Lucas 1:51; taga-Roma 1:30; II Timoteo 3:2; Santiago 4:6; I Pedro 5:5).

**7:23** Ang kaagapay sa Mateo 15:20 ay binubuod ang buong pangangatuwiran (cf. I Samuel 16:7).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 7:24-30

**[24]At nagtindig siya doon, at napasa mga hangganan ng Tiro at ng Sidon. At pumasok siya sa isang bahay, at ibig niya na sinomang tao'y huwag sanang makaalam; at hindi siya nakapagtago. [25]Nguni't ang isang babae na ang kaniyang munting anak na babae ay may isang karumaldumal na espiritu, pagdaka ay nang mabalitaan siya, ay lumapit at nagpatirapa sa kaniyang paanan. [26]Ang babae nga ay isang Griega, isang Sirofenisa, ayon sa lahi. At ipinamamanhik niya sa kaniya na palabasin sa kaniyang anak ang demonyo. [27]At sinabi niya sa kaniya, Pabayaan mo munang mangabusog ang mga anak: sapagkat hindi marapat na kunin ang tinapay ng mga anak at itapon sa mga aso. [28]Datapuwa't siya ay sumagot at sinabi sa kaniya, Oo, Panginoon; kahit ang mga aso sa ilalim ng dulang ay nagsisikain ng mga mumo ng mga anak. [29]At sinabi niya sa kaniya, Dahil sa sabing ito humayo ka; nakaalis na ang demonyo sa iyong anak. [30]At umuwi siya sa kaniyang bahay, at naratnan ang anak na nakahiga sa higaan, at nakaalis na ang demonyo.**

**7:24 "Tiro"** Ito ay hilagang-kanluran ng Dagat ng Galilea, sa labas ng mga hangganan ng Ipinangakong Lupain ng OT. Iyon ay karamihang Hentil na lugar. Ang pariralang "at Sidon" ay hindi makikita sa kakaunting sinaunang Griyegong mga kasulatan, tulad ng D, L, at W, ngunit ay makikita sa Mateo 15:21 at Marcos 7:31 at sa mga kasulatang א, A, at B, gayundin ang Vulgata at Peshitta.

▣ **"at hindi siya nakapagtago"** Ito ay ang bunga ng Kaniyang mga himala (cf. 3:8). Kahit na sa isang lugar na napakaraming Hentil, hindi Siya makahanap ng pahinga at pribadong panahon sa Kaniyang mga alagad.

**7:25 "munting anak na babae ay may isang karumaldumal na espiritu"** Paanong ang mga anak ay nasapian ng demonyo ay hindi ipinahayag dito kahit na sa talang 9:17-29. Alinman ay hindi mga kalagayan na tila iyon ay naging isang pampamilyang espiritu (i.e., demonyo ay naipapasa mula sa salin-lahi patungo sa salin-lahi sa loob ng isang pamilya). Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagpapalayas ng Demonyo sa 1:25.

▣ **"nagpatirapa sa kaniyang paanan"** Ito ay isang pangkulturang tanda ng (1) nakikiusap ng isang nakakahigit o (2) kababaang-loob. Iyon ay maaari na siya ay mayroong narinig sa mga himala ni Hesus at, sa kawalang-pag-asa, ay lumapit sa Hudyong rabbi na ito sa takot!

**7:26 "isang Griega, isang Sirofenisa, ayon sa lahi"** Tandaan, si Hesus ay tumulong sa ibang mga Hentil (cf. 5:1; 11:17; Mateo 8:5-13; Juan 4), ngunit sa loob ng heograpikong mga hangganan ng Ipinangakong Lupain. Kung Hesus ay nagsimula sa isang pagpapagaling na ministeryo sa isang Hentil na lupain, Siya ay maaaring itinanggi ng mga

mamamayang dahil ng kanilang mga pagkiling.

Mayroong isang nakakawiling kaagapay ng ministeryo ni Hesus sa isang taga-Fenicia na babae at ministeryo ni Elias sa isang taga-Fenicia na babae sa I Mga Hari 17. Kapwa ang pag-ibig, malasakit, at tulong ng Diyos ay makukuha ng mga kinapopootang mga Hentil. Ito ay maaaring isa pang nakatalukbong na katibayan ng Kaniyang pagka-Mesias.

Sa anong wika naihatid ang pakikipagtalasatasang ito sa pagitan ang babae at Hesus? Iyon ay tila malinaw na iyon ay dapat sa Griyego. Ang paglaki sa hilagang Palestino, si Hesus ay nagsaalita ng tatlong wika. Sa Lucas 4:16-20, binasa ni Hesus ang isang Hebreong balumbon ng Isaias. Siya ay naturuan sa biblikal na Hebreo at sinagogang paaralan. Siya ay karaniwang nagsasalita ng Aramaiko. Siya ay nagsasalita ng Koine Griyego (i.e., ang pribadong pakikipag-usap kay pilato).

▣ **"ipinamamanhik niya"** Ito ay isang DI-GANAP NA PANAHUNAN. Siya ay nagtatanong nang paulit-ulit!

▣ **"na palabasin sa kaniyang anak ang demonyo"** Ito ay AORIST TAHAS NA PASAKALI. Siya pa rin ay may ilang pagduruda tungkol sa kakayahan o pagnanais na kumilos ni Hesus, na naihayag sa PASAKALI na kalagayan.

**7:27 "ang mga anak"** Ang pampamilyang termino ay tumutukoy sa Israel (cf. Mateo 15:24).

**7:27-28**
**NASB, NRSV,**
**TEV "mga aso"**
**NKJV, NJB "mga tuta"**

Ito ay tanging paggamit ng terminong ito sa NT. Ang kabagsikan nito ay pinaliit ng katotohanan na iyon ay MUNTI sa anyo (i.e., *kunarion*), "mga tuta" (NJB ay may "mga asong bahay"). Ang mga Hudyo ay tinawag ang mga Hentil na "mga aso" bilang isang termino ng panunuya. Ang pag-uusap na ito ay ninanais matulungan ang mga alagad na madaig ang kanilang pagkiling laban sa mga Hentil (cf. Mateo 15:23). Kinikilala ni Hesus at pinaninindigan sa madla na ang kaniyang pananampalataya ay dakila (cf. Mateo 15:28).

**7:28 "'Panginoon'"** Ito ay maaaring ginamit sa pangkulturang kaunawaan ng "guro" o "ginoo," gaya ng sa Juan 4:11. Ito ay nakakagulat na ito ang tanging halimbawa ng paggamit ng *kurios* na isinawika kay Hesus sa Ebanghelyo ni Marcos.

▣ **"mga anak"** Ito sa literal ay "mga munting anak" (*paidion*). Mayroong maraming munting mga anyo ang matatagpuan sa kontekstong ito. Sa *Word Pictures of the New Testament*, tomo 1, p. 326, ni A. T. Robertson ay nagsasabing "ang munting mga anak sinadyang ihulog ang ilang munting mga mumo para sa aso." Ang isa ay naghahangad na maitala ang pagbabago ng tinig, mga pagpapahayag ng mukha, at mga sinasabi ng katawan. Sa aking palagay, ang pagtatagpo ay mas lubhang paayon kaysa sa mga salitang naitala lamang.

▣ **"mga mumo ng mga anak"** Ang mayaman ay ginamit ang tinapay upang punasan ang mga kamay pagkatapos kumain, tulad ng isang tuwalyang pamunas.

**7:29 "'Dahil sa sabing ito'"** Ikinintal ni Hesus sa pag-uugali ng inang ito ang pagtitiyaga at pananampalataya (cf. Mateo 15:28). Maraming beses na si Hesus ay nagpapagaling/nagpapalaya ng mga tao batay sa pananampalataya ng iba (cf. 2:3-12; 9:14-29; Mateo 8:5-13).

▣ **"humayo ka; nakaalis na ang demonio sa iyong anak"** Naniniwala ang babaeng ito na mapapalayas ni Hesus ang mga demonyo kahit na mula sa kalayuan na walang ritwal o mahika.

**7:29,30 "nakaalis na"** Sa v. 29 iyon ay isang GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG at sa v. 30 iyon ay isang GANAP NA TAHAS NA KATAGA, na pagtuon sa namamalaging bunga ng isang nakalipas na pagkilos. Ang demonyo ay nawala na at wala na rito.

**7:30 "nakahiga sa higaan"** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA KATAGA na maaaring nauunawaan sa dalawang mga paraan: (1) ang demonyo ay marahas ang paglisan (cf. 1:26; 9:26) at ibinato ang batang babae sa higaan o (2) ang kalagayan ng pagsapi ng demony ay nagdulot sa kaniya na maratay sa banig ng karamdaman.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 7:31-37

**31At siya ay muling umalis sa mga hangganan ng Tiro, at napasa Sidon hanggang sa dagat ng Galilea, na kaniyang tinahak ang mga hangganan ng Decapolis. 32At dinala nila sa kaniya ang isang bingi at utal; at ipinamanhik nila sa kaniya na kaniyang ipatong ang kaniyang kamay sa kaniya. 33At siya ay inihiwalay niya ng bukod sa karamihan, at isinuot ang kaniyang mga daliri sa mga tainga niya, at siya ay lumura, at hinipo ang kaniyang dila; 34At pagkatingala sa langit, ay siya ay nagbuntong-hininga, at sinabi sa kaniya, Ephatha, sa**

**makatuwid baga'y, Mabuksan. [35]At nangabuksan ang kaniyang mga pakinig, at nakalag ang tali ng kaniyang dila, at siya ay nakapagsalitang malinaw. [36]At ipinagbilin niya sa kanila na kanino mang tao ay huwag nilang sabihin: nguni't kung kailan lalong ipinagbabawal niya sa kanila, ay lalo namang kanilang ibinabantog. [37]At sila ay nangagtataka ng di kawasa, na nangagsasabi, Mabuti ang pagkagawa niya sa lahat ng mga bagay; kaniyang binibigyang pakinig pati ng mga bingi, at pinapagsasalita ang mga pipi.**

**7:31** Ang heograpikong paglalarawang ito ay di-karaniwan. Sidon ay hilaga ng Tiro sa baybayin, habang ang Decapolis ay timog at silangan ng Dagat ng Galilea. Ang NKJV ay may "umalis mula sa rehiyon ng Tiro at Sidon," ngunit ang saling ito ay hindi itinataguyod ng $P^{45}$, A, W, at ang Peshitta. Karamihan ng tekstwal na mga kritiko ay itinataguyod ang mas mahirap na teksto na si Hesus ay tumahak na pahilaga at silangan na nauna sa pagpunta patimog.

▣ **"Dagat ng Galilea"** Ang katulad na katubigan ay tinawag na (1) Chennereth sa OT; (2) Lawa ng Gennesaret sa Lucas 5:1; at (3) Dagat ng Tiberias sa panahon ng unang siglong Romanong yugto sa Juan 6:1; 21:1.

▣ **"hangganan ng Decapolis"** Ito ay ang lugar ng nasaniban ng demonyo sa Gadara (cf. 5:1-20). Iyon ay isa ring Hentil na lugar sa silangan at timog ng Dagat ng Galilea. Ang ministeryo ni Hesus sa mga lugar na ito ay nagpapakita Kaniyang pag-ibig para sa mga Hentil.

**7:32 "ang isang bingi at utal"** Ang terminong ito ay ginamit lamang dito sa NT at sa Septuagint sa Isaias 35:6. Ang talatang 37 ay maaaring nauugnay sa Isaias 35:5-6, na naglalarawan ng panghinaharap na pagpapagaling na ministeryo ng Mesias.

▣ **"ipatong ang kaniyang kamay sa kaniya"** Tingnan ang Natatanging Paksa na sumusunod.

## NATATANGING PAKSA: PAGPAPATONG NG KAMAY SA BIBLIYA (LAYING ON OF HANDS IN THE BIBLE)

Ang pagkilos na ito na isang personal na pagsangkot ay ginamit sa ilang mga paraan sa Bibliya.

1. panunumpa (kamay sa ilalim ng balakang [cf. Genesis 24:2, 9; 47:29])
2. pagpasa ng pamunuan sa pamilya (cf. Genesis 48:14, 17, 18)
3. pakikiisa sa kamatayan ng isang sakripisyal na hayop bilang kahalili
   a. mga saserdote (cf. Exodo 29:10,15,19; Levitico 16:21; Bilang 8:12)
   b. mga manggagawa (cf. Levitico 1:4; 3:2,8; 4:4,15,24; II Cronica 29:23)
4. pagsasantabi sa isang tao upang maglingkod sa Diyos sa isang espesyal na tungkulin o ministeryo (cf. Bilang 8:10; 27:18,23; Deutronomio 34:9; Gawa 6:6; 13:3; I Timoteo 4:14; 5:22; II Timoteo 1:6)
5. pakikisalamuha sa panghukumang pagbabato sa isang makasalanan (cf. Levitico 24:14)
6. ang kamay sa bibig ay nangangahulugang katahimikan o pagpayag (Mga Hukom 18:19; Job 21:5; 29:9; 40:4; Mikas 7:16)
7. ang kamay sa ulo ay nangangahulugang pighati/dalamhati (2 Samuel 13:19)
8. pagtanggap ng isang pagpapala para sa kalusugan, kasiyahan at kabanalan (cf. Mateo. 19:13,15; Marcos 10:16)
9. may kaugnayan sa pisikal na kagalingan (cf. Mateo 9:18; Marcos 5:23; 6:5; 7:32; 8:23; 16:18; Lucas 4:40; 13:13; Mga Gawa 9:17; 28:8)
10. pagtanggap sa Banal na Espiritu (cf. Mga Gawa 8:17-19; 9:17; 19:6)

Mayroong isang nakakabiglang kawalan ng pagkakapareho sa mga pasahe na naging makasaysayang ginamit upang suportahan ang pansimbahang pagtatalaga ng mga pinuno (i.e., ordinasyon).

1. Sa Gawa 6:6 ang mga Apostoles ang nagpatong ng mga kamay sa pito para sa lokal na ministeryo.
2. Sa Gawa 13:3 ang mga propeta at mga guro ang nagpatong ng kamay kay Bernabe at Pablo para sa misyonaryong tungkulin.
3. Sa I Timoteo 4:14 ang mga lokal ng iglesya na kasangkot sa panimulang pagkakatawag at pagkakatalaga kay Timoteo.
4. Sa II Timoteo 1:6 si Pablo ang nagpatong ng kamay kay Timoteo.

Ang pagkakaiba at kalabuang ito ay nagpapakita ng kakulangan ng pagkakaayos sa unang siglong iglesya. Ang unang iglesya ay mas higit na dinamiko at palagiang na ginamit ang mga espirtwal na kaloob ng mga mananampalataya (cf. I taga-Corinto 14). Ang NT ay simpleng hindi isinulat upang itangkilik o iguhit ang isang panggobyernong modelo o ordinasyonal na mga hakbang. Ang mga tradisyon ng pagbubuo ng iglesiya ay kinakailangan ngunit hindi biblikal. Ang kabanalan ng pamunuan ay lubhang mas mahalaga kaysa sa anyo ng pamumuno (i.e. kaayusan sa pamamahala)

**7:33 "siya ay inihiwalay ng bukod sa karamihan"** Ito ay kapwa ihinto ang mga salaysay o kuwento tungkol sa

Kaniyang pagpapagaling at gawing mas maluwag ang pakiramdam ang lalaki (cf. 8:23).

▣ **"isinuot ang kaniyang mga daliri sa mga tainga niya"** Si Hesus ay nagpapabatid sa lalaki na ang Kaniyang sinusubukang gawin ay mga katanggap-tanggap sa kultura na mga pisikal na mga pagkumpas (i.e., isang daliri sa tainga at dura sa dila).

▣ **"siya ay lumura, at hinipo ang kaniyang dila"** Ang dura ay karaniwang ginagamit sa panggagamot ng unang siglong Mediterrano. Iyon ay nangahulugang dagdagan ang pananampalataya ng lalaki.

**7:34 "at pagkatingala sa langit"** Ito ay ang pamantayang pisikal na tindig para sa Hudyong panalangin sa panahon ni Hesus (i.e., nakatayo, bukas ang mata, nakatingala, nakataas ang mga kamay).

▣ **"nagbuntong-hininga"** Ito ay tumutukoy sa isang di-mawatasang tunog na nagpapahayag ng malakas na damdamin (cf. taga-Roma 4; 8:22-23; II taga-Corinto 5:12). Kung iyon ay paayon (cf. Marcos 7:34; taga-Roma 8:26) o salungat (cf. Mga Gawa 7:34; Santiago 5:9) ay nakabatay sa pampanitikang konteksto. Ito ay maaaring nahayag ang dalamhatt ni Hesus sa mga kasalanan at pagkakasakit sa isang mundong nawasak ng paghihimagsik. Ang isang tambalang anyo ng terminong ito ay makikita sa 8:12.

▣ **"Ephatha"** Ito ay isang Aramaikong AORIST BALINTIYAK NA PAUTOS, na ang kahulugan ay "buksan" (at sila nga cf. v. 35). Lubhang naalala ni Pedero ang Aramaikong mga salita na isinawika ni Hesus at isinalin iyon ni Marcos sa Griyego para sa kaniyang mga Hentil (i.e., Romano) na mangbabasa. Tingnan ang tala sa 5:41.

**7:36 "ipinagbilin niya sa kanila na kanino mang tao ay huwag nilang sabihin"** Ang dahilan para sa dito ay hindi pa kumpleto ang ebanghelyo. Hindi nais ni Hesus na makilala bilang isang manggagawa ng himala. Ang siksikan ng mga karamihan ng tao ay palaging isang suliranin. Ang "Lihim ng Mesias" ay katangian ng Marcos. Gayunman, iyon ay nakakagulat dahil na lubhang maraming mga pagkilos ginagawa ni Hesus at sinasabing naghahayag ng mga bagay tungkol sa Kaniyang sarili sa Marcos. Si Hesus ay maliwanag na nagpapahayag sa Kaniyang sarili bilang Mesias at tinutupad ang pangkasalukuyang inaasahan ng mga Hudyong sa kanilang mayroong espirituwal na mata upang makakita!

**7:37** Ang pagpapagaling ang bingi ay isang malinaw na pang-Mesias na tanda (cf. Isaias 35:5-6).

▣ **"'Mabuti ang pagkagawa niya sa lahat ng mga bagay'"** Ito ay isang GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG. Anong isang buod na kapahayagan na ginawa ng mga tao sa hilagang Palestino!

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Paano paano tayo pakakaugnay sa tradisyon? Bigyan kahulugan ang tradisyon.
2. Isinasawalang-tabi ba ni Hesus ang Lumang Tipan? Kung gayon, paano natin pakikitunguhan ang OT bilang kinasiha? (v. 19)
3. Ipaliwanag ang pagkakaiba sa pagitan pananaw ni Hesus sa relihiyon at ng mga Fariseo.
4. Bakit pumupunta si Hesus sa isang lugar na ang karamihan ay Hentil? (v. 24)
5. Paano paano nasaniban ng demonyo ang bata? Nangyayari pa ba ito ngayon? (v. 25)
6. Bakit sinabi ni Hesus na huwag sabihin sa kaninuman ang tungkol pagpapagaling sa lalaki? (v. 36)

# MARCOS 8

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Pagpapakain sa Apat na Libo | Pagpapakain sa Apat na Libo | Apat na Libo ay Pinakain | Pinakain ni Hesus ang Apat na Libong Katao | Ikalawang Himala ng mga Tinapay |
| 8:1-10 | 8:1-10 | 8:1-10 | 8:1-3 | 8:1-10 |
| | | | 8:4 | |
| | | | 8:5 | |
| | | | 8:6-10 | |
| Paghingi ng Isang Tanda | Ang mga Fariseo ay Naghahanap ng Isang Tanda | Mga Winika sa mga Tanda | Ang mga Fariseo ay humihingi ng Isang Himala | Ang mga Fariseo ay Naghahanap ng Tanda sa Langit |
| 8:11-13 | 8:11-12 | 8:11-13 | 8:11-12 | 8:11-13 |
| | Mag-ingat sa Libadura ng mga Fariseo at ni Herodes | | | |
| | 8:13-21 | | 8:13 | |
| Ang Libadura ng mga Fariseo at ni Herodes | | Libadura ng mga Fariseo | Ang Libadura ng Fariseo at ni Herodes | Ang Libadura ng Fariseo at ni Herodes |
| 8:14-21 | | 8:14-21 | 8:14-15 | 8:14-21 |
| | | | 8:16 | |
| | | | 8:17-19 | |
| | | | 8:20 | |
| | | | 8:21 | |
| Ang Pagpapagaling ng Isang Bulag sa Betsaida | Bulag na Paralitiko na Pinagaling sa Betsaida | Isang Bulag na Pinagaling | Pinagaling ni Hesus ang Isang Bulag sa Betsaida | Ang Lunas ng Isang Bulag sa Betsaida |
| 8:22-26 | 8:22-26 | 8:22-26 | 8:22-23 | 8:22-26 |
| | | | 8:24 | |
| | | | 8:25-26 | |
| Pahayag ni Pedro tungkol kay Hesus | Ipinahayag ni Pedro na Si Hesus ang Kristo | Ang Pahayag ni Pedro | Kapahayagan ni Pedro tungkol kay Hesus | Ang Pagpapahayag ng Pananampalataya ni Pedro |
| 8:27-30 | 8:27-30 | 8:27-30 | 8:27 | 8:27-30 |
| | | | 8:28 | |
| | | | 8:29a | |
| | | | 8:29b | |
| | | | 8:30 | |
| Sinabi ni Hesus ang Kanyang Kamatayan at Pagkabuhay | Sinabi ni Hesus ang Kanyang Kamatayan at Pagkabuhay | | Sinabi ni Hesus ang Kanyang Pagdurusa at Kamatayan | Unang Propesiya ng Pagdurusa |
| 8:31-9:1 | 8:31-33 | 8:31-33 | 8:31-33 | 8:31-33 |
| | Pasanin ang Krus at Sumunod sa Kaniya | Sa Pagiging Alagad | | Ang Kondisyon ng Pagsunod kay Hesus |
| | 8:34-9:1 | 8:34-9:1 | 8:34-9:1 | 8:34-9:1 |

## IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng pagpapaliwanag. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Pangatlong talata

4. Atbp.

## MGA KAAGAPAY SA SINOPTIKONG EBANGHELYO

A. Ang isa ay nagtatanong kung si Hesus ay madalas magpakain ng mga karamihan ng tao o, para sa ilang dahilang di-kilala sa makabagong kanluraning tagapaliwanag, ang pangyayaring ito ay inulit (i.e., 6:34-44 at 8:1-10).
B. Marcos 8:10-12 ay kaagapay sa Mateo 15:39-16:4.
C. Marcos 8:13-26 ay kaagapay sa Mateo 16:5-12.
D. Marcos 8:27-30 ay kaagapay sa Mateo 16:13-20 at Lucas 9:18-21.
E. Marcos 8:31-37 ay kaagapay sa Mateo 16:21-26 at Lucas 9:22-25.
F. Marcos 8:38-9:1 ay kaagapay sa Mateo 16:27-28 at Lucas 9:26-27.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 8:1-10

**1 Nang mga araw na yaon, nang magkaroong muli ng maraming tao, at wala silang mangakain, ay tinawag
niya ang kaniyang mga alagad, at sinabi sa kanila, 2 Nahahabag ako sa karamihan, sapagkat tatlong araw nang sila
ay nangatira sa akin, at walang mangakain: 3 At kung sila ay pauwiin kong nangagugutom sa kanilang mga
tahanan, ay magsisipanglupaypay sila sa daan; at nagsipanggaling sa malayo ang ilan sa kanila. 4 At nagsisagot sa
kaniya ang kaniyang mga alagad, Paanong mabubusog ninoman ang mga taong ito ng tinapay dito sa isang ilang
na dako? 5 At kaniyang tinanong sila, Ilang tinapay mayroon kayo? At sinabi nila, Pito. 6 At iniutos niya sa
karamihan na magsiupo sa lupa; at kinuha niya ang pitong tinapay, at pagkapagpasalamat, ay pinagputolputol
niya, at ibinigay sa kaniyang mga alagad, upang ihain sa kanila; at inihain nila sa karamihan. 7 At mayroon silang
ilang maliliit na isda: at nang mapagpala ang mga ito, ay ipinagutos niya na ihain din naman ang mga ito sa kanila.
8 At sila ay nagsikain, at nangabusog: at kanilang pinulot ang lumabis sa mga pinagputolputol, na pitong bakol na
puno. 9 At sila ay may mga apat na libo: at pinayaon niya sila. 10 At pagdaka ay lumulan siya sa daong na kasama
ang kaniyang mga alagad, at napasa mga sakop ng Dalmanuta.**

**8:1 "Nang mga araw na yaon"** Ang talang ito ay nangyari sa karamihang mga Hentil sa lugar ng Decapolis (cf. 7:31).

▣ **"nang magkaroong muli ng maraming tao"** Ito ay nagpapakilala ng ministeryo ni Hesus sa panahon ng ito yugto.

**8:2 "Nahahabag ako sa karamihan"** Ang terminong ito "pagkahabag" ay nagmula sa ang Griyegong termino para sa mga lamang loob ng katawan. (Atay, bato, bituka). Sa OT ang mga Hudyo ay itinakda ang luklukan ng mga damdamin sa mga lamang-loob.

Iniibig ni Hesus ang mga tao (cf. 1:41; 6:34; 8:2; 9:22; Mateo 9:36; 14:41; 15:32; 18:27; 20:34; Lucas 7:13; 10:33). Ang mga tao ay tinanggihan ng mga rabbi nang buo nilang buhay. Sila ay dumagsa sa pagkalinga ni Hesus.

▣ **"sapagkat tatlong araw nang sila'y nangatira sa akin"** Ito ay isang pinahahabang katuruan na panahon. Ang mga Hudyo ay binibilang ang mga araw mula sa gabing takipsilim hanggang gabing takipsilim. Anumang bahagi ng isang araw ay ibinibilang; samakatuwid, ito ay hindi kailangang tumutukoy sa tatlong buong, 24-oras na araw. Hindi na sila makalabas kahit na bumili ng mas maraming pagkain. Nakain na nila ang lahat na kanilang dinala.

**8:3 "kung"** Ito ay isang PANGATLONG URING MAY PASUBALI na pangungusap, na nagpapahayag ng maaaring pagkilos. Hindi ipinapahayag ni Hesus na silang lahat ay nasa punto ng pisikal na pagbagsak, ngunit ilan ay maysakit at mahina at maaaring mahilo.

▣ **"magsisipanglupaypay sila sa daan"** Ang pagkahiling ito ay sanhi ng kakulangan ng pagkain. Tingnan ang Mga Hukom 8:15 at Panaghoy 2:19 sa Septuagint. Nakain na nila ang lahat ng pagkain na kanilang dinala at nag-aayuno.

▣ **"nagsipanggaling sa malayo ang ilan sa kanila"** Ito ay nagpapakita kung paan lumaganap ang katanyagan ni Hesus bilang isang manggagawa ng himala. Ang mga taong walang pag-asa ay pumupunta sa anumang lugar, susubukan ang anumang bagay upang humingi ng tulong!

**8:4 "'Paanong mabubusog ninoman ang mga taong ito ng tinapay'"** Kahit na kung sila ay mayroong salapi, walang lugar upang bumili ng pagkain. Sinusubukan ni Hesus ang mga pananampalataya ng mga alagad sa Kaniyang pagtutustos! Sila ay muling nabigo (cf. 6:34-44).

**8:6 "magsiupo"** Ito ay tumutukoy sa isang nakasandal na kalagayan, na nagpapahiwatig na handa na sila sa pagkain.

**8:6-8 "tinapay. . .isda"** Ito ay ang karaniwang pang-araw-araw na pagkain ng mga tao ng Palestino. Ito ay lubhang katulad sa 6:34-44.

▣ **"pagkapagpasalamat"** Ang panalanging ito ng pagpapala sa pagkain ay kinikilala ang pang-araw-araw na pagkalinga at pagtutustos (cf. Mateo 6:11). Ang mga hudyo ay palaging nananalangin muna bago kumain.

▣ **"pinagputolputol…inihain"** Ito ay isang AORIST na sinusundan ng isang DI-GANAP NA PANAHUNAN. Ang himala ng pagpaparami ay nangyari nang pinagputolputol ni Hesus ang tinapay gaya ng sa 6:41.

**8:8 "mga pinagputolputol, na pitong bakol na puno"** Ito ay isang magkaibang salita para sa takalan mula sa 6:43. Ang mga basket na ito ay lubhang malalaki (cf. Mga Gawa 9:25). Ang mga natitirang piraso ay linikom para sa paggamit kinalaunan. Gayunman, mula sa v. 14 nalalaman natin na nakalimot ang mga alagad forgot at iniwan sila.

**8:9 "may mga apat na libo"** Ang Mateo 15:83 ay nagdaragdag ng "mga lalaki," na nangangahulugang ang karamihan ng tao ay mas malaki. Maaaring hindi malaking bilang ang mga babae at mga anak sa ilang na lugar na ito, ngunit tiyak na may ilan.

**8:10 "pagdaka"** Tingnan ang tala sa 1:10.

▣ **"mga sakop ng Dalmanuta"** Mayroong maraming mga pagkakaiba sa pariralang ito. Ang suliranin ay walang lugar ns pangalan na ito ang kilala sa Palestino noong panahon ni Hesus. Samakatuwid, ang mga eskriba binago ang pangalan ng lugar upang iakma sa "Magadan" ng Mateo (NKJV "Magdala").

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 8:11-12

**[11]At nagsilabas ang mga Fariseo, at nangagpasimulang makipagtalo sa kaniya, na hinahanapan siya ng isang tandang mula sa langit, na tinutukso siya. [12]At nagbuntong-hininga siya ng malalim sa kaniyang espiritu, at nagsabi, Bakit humahanap ng tanda ang lahing ito? katotohanang sinasabi ko sa inyo, Walang tandang ibibigay sa lahing ito.**

**8:11 "mga Fariseo. . . nangagpasimulang makipagtalo sa kaniya"** Ito ay isang karaniwang pangyayari. Hindi nila dapat itanggi ang Kaniyang awtoridad, kapangyarihan, o katanyagan, kaya kanilang sinubukang dayain Siya sa pagsagot ng mga tanong na maghihiwalay ng bahagi ng Kaniyang tagapakinig. Tingnan ang Natatanging Paksa sa mga Fariseo sa 2:16.

▣ **"isang tandang mula sa langit"** Sa Ebanghelyo ni Juan, ang salitang "tanda" ay mayroong isang natatanging kahulugan, ngunit dito iyon ay tumutukoy sa mga kahilingan ng Fariseo bilang patunay ng Kaniyang awtoridad, maaaring (1) isang hula (cf. Deuteronomio 13:2-5; 18:18-22); (2) isang makalangit na tanda (cf. Isaias 7:11; 38:7-8); o (3) isang apokaliptikong tanda (panghukbong laban sa mga kaaway).

▣ **"na tinutukso siya"** Ang salitang *peirazō* ay may kahulugag subukan, subukin, o tuksuhin "na may isang pananaw ng pagkawasak." Ito ay maaaring isang tinabingang sanggunian sa kawalang-pananampalataya ng mga naglalagalag sa ilang (cf. Exod 17:7; Bilang 14:11-12,22; Deuteronomio 33:8). Tingnan ang Natatanging Paksa sa Griyegong Mga Termino

para sa "Pagsubok" sa 1:13.

**8:12 "nagbuntong-hininga"** Ito ay isang tambalan at sa gayon ay pinatinding anyo ng "dumaing" (cf. 7:34). Si Hesus ay ay nagpakita na sa kanila ng Kaniyang awtoridad sa pamamagitan ng mga gawa at salita, ngunit ang kanilang espiritwal na pagkabulag ay nanatili.

▣ **"sa Kaniyang espiritu"** Ito ay tumutukoy sa persona ni Hesus (cf. 2:8). Iyon ay may katulad na kahulugan sa 14:38 patungkol sa mga taong nilalang. Ang terminong "espiritu" ay ginamit sa Marcos para sa

1. Banal na Espiritu (1:10,12)
2. mga masamang espiritu (i.e., mga demonyo, 1:23,26,27; 3:11,30; 5:2,8,13; 6:7; 7:25; 9:17,20,25)
3. espiritu ng tao (2:8; 8:12; 14:38)

▣ **"'ang lahing ito'"** Ang terminong ito rin ay may mga kahihinatnan sa OT na nauugnay sa yugto ng paglalagalang sa ilang (cf. Bilang 32:13; Deuteronomio 1:35; 32:5,20).

▣ **"Katotohanan"** Ito sa literal ay "amen." Tingnan ang Natatanging Paksa "Amen" at 3:28.

▣ **"'sinasabi ko sa inyo, Walang tandang ibibigay sa lahing ito'"** Ito ay isang Hebreong wikain ng malakas na pagsasalungat (hindi isang Griyegong pangungusap na may pasubali) na kinpapalooban ng isang nauunawaan, ngunit di-inihayag, na panunumpa. Kapag inihambing sa Mateo 16:4, si Hesus ay wala nang ibinibigay na karagdagang mga tanda. Hesus ay mayroong ipinagkaloob sa kanila na maraming mga tanda (i.e., OT mga propesiya natupad na sa Kaniyang mga pagkilos at mga salita), ngunit sila ay tumangging tanggapin sila o Siya dahil Kaniyang hinamon ang kanilang mga tradisyon, pangkulturang kalagayan, at katanyagan.

**8:13** Si Hesus ay naglakbay sa maraming lugar ng hilagang Palestino dahil ninanais Niyang ang lahat ay makapakinig ng Kaniyang mensahe ngunit dahil din sa pagpipilit ng karamihan ng tao.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 8:14-21

**[14]At nangalimutan nilang magsipagdala ng tinapay; at wala sila kundi isang tinapay sa daong. [15]At ipinagbilin niya sa kanila, na nagsabi, Tingnan ninyo, mangagingat kayo sa lebadura ng mga Fariseo at sa lebadura ni Herodes. [16]At nangagkatuwiranan sila-sila rin, na nangagsasabi, Wala tayong tinapay. [17]At pagkahalata nito ni Hesus ay sinabi sa kanila, Bakit nangagbubulaybulay kayo, sapagkat wala kayong tinapay? hindi pa baga ninyo napaghahalata, ni napaguunawa man? nangagmatigas na baga ang inyong puso? [18]Mayroon kayong mga mata, hindi baga kayo nangakakakita? at mayroon kayong mga tainga, hindi baga kayo nangakakarinig? at hindi baga ninyo nangaaalaala? [19]Nang aking pagputolputulin ang limang tinapay sa limang libong lalake, ilang bakol na puno ng mga pinagputolputol ang inyong binuhat? Sinabi nila sa kaniya, Labingdalawa. [20]At nang pagputolputulin ang pitong tinapay sa apat na libo, ilang bakol na puno ng mga pinagputolputol ang binuhat ninyo? At sinabi nila sa kaniya, Pito. [21]At sinabi niya sa kanila, Hindi pa baga ninyo napaguunawa?**

**8:14** Ito ay maliwanag na isang saksing detalye mula kay Pedro.

**8:15 "ipinagbilin niya sa kanila"** Ito ay isang DI-GANAP NA PANGGITNANG MAY PAHIWATIG mula sa isang malakas na termino "iutos na may awtoridad" (cf. 5:43; 7:36; 8:15; 9:9). Ang terminong ito ay katangian ng Marcos (i.e., kadalasang nauugnay sa ang "Lihim ng Mesias").

▣

**NASB, NRSV "Tingnan ninyo!"**
**NKJV "Pangsinin"**
**TEV "Mag-ingat"**
**NJB "Panatiliing bukas ang mata"**

Ito sa literal ay "tingnan" (i.e., *horaō*). Iyon ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS, na nagpapahiwatig ng nagpapatuloy na pagsisikap upang mapanatili ang wastong pag-iingat.

▣

**NASB, NKJV,**
**NRSV "Mangag-iingat kayo"**
**TEV "mag-ingat laban sa"**
**NJB "mag-ingat sa"**

Ito rin ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS. Kapwa ng ang mga matalim na mga utos na ito ay mula sa

magkaibang Griyegong mga salita na nangangahulugang "makita" (i.e., *horaō* at *blepō*), na nagpapahiwatig na ang mga mananampalataya ay kailangang maging nagpapatuloy na nagbabantay (cf. 4:24; 12:38; 13:5,9,23,33) laban sa makasarili legalismo atinstitutionalismo.

▣ **"'ni Herodes'"** Ang sinaunang eskriba ay may pagkilang sa gawan ng pamantayan ang mga kasabihan ni Hesus. Sa 3:6 at 12:13 si Hesus ay nagsasabing "mga Herodiano"; samakatuwid, ang Griyegong mga kasulatan $P^{45}$, G, at W, gayundin ang ilang mga saling Vulgata, at Koptikong mga salin, ay binago sa DYENITIBO na nnyo. Ang napakaraming mga patotoo ng Griyegong kasulatan ay DYENITIBO (cf. MSS א, A, B, C, D, at L). Tingnan ang Natatanging Paksa sa pamilya ng Herodes sa 1:14.

▣ **"lebadura"** Ito ay kadalasang isang simbolo ng kasamaan, gaya ng nasa tekstong ito (cf. I taga-Corinto 5:6-8; taga-Galacia 5:9). Ito ay maaaring isang paglalaro ng salita sa Aramaiko dahil ang mga terminong "lebadura" at "salita" ay lubhang magkatulad. Ang mga suliranin ng mga alagad ay katulad ng sa mga Fariseo, na espiritwal na kalabuan o pagkabulag. Sila ay kailangang palagian sa pagbabantay laban dito. Ang Herodes ay kinakatawa ang kasalungat na suliranin—ang kamunduhan, ang *status quo* sa anumang halaga!

**8:16 "nangagkatuwiranan sila-sila rin, na nangagsasabi, Wala tayong tinapay"** Ito ay isang DI-GANAP NA panahunan. Ang mga alagad ay hindi pa natututo ng aralin. Si Hesus ang magtutustos ng lahat ng mga pangangailangan! Si Hesus ay nagsasalita tungkol sa mga masamang impluwensiya at iniisip nila na Siya ay nagsasalita tungkol sa pagkain!

Ang NKJV ay nagdaragdag ng salitang "wika" sa dinaglat na pangungusap na ito (gaya ng maraming kinalaunang minuskulang Griyegong mga kasulatan) na sumusunod Mateo 16:7. Ang NASB ay nakatupad sa katulad na layunin sa pamamagitan ng pagdaragdag ng nakahilig ng salita (i.e., "nagsimula" at "ang katotohanan").

**8:17 "pagkahalata nito ni Hesus"** Iyon ay hindi palaging malinaw kung paano nalalaman ni Hesus ang mga bagay. Minsan, iyon ay higit sa karaniwang kaalaman at ibang pagkakataon ay inaalam ang mga pag-uugali at mga katangian ng mga tao.

▣ **"'Bakit nangagbubulaybulay kayo, sapagka't wala kayong tinapay'"** Ito ay ang una sa isang kalipunan ng anim o pitong mga tanong kung saan si Hesus ay nagpapahayag ng Kaniyang pagkabigo na ang Kaniyang sariling mga alagad na hindi pa nakakaunawa! Ang buong kontekstong ito ng Marcos ay nagpapahayag kung gaano kahirap iyon para sa "kaibigan at kaaway" na maunawaan ang radikal na bagong mensahe ni Hesus. Ang Kaniyang mga alagad, Kaniyang pamilya, Kaniyang bayang sinilangan, ang mga karamihan ng tao, at ang mga pang-relihiyong pinuno lahat ay walang espiritwal na na mga mata o tainga!

▣ **"'hindi pa baga ninyo napaghahalata, ni napaguunawa man'"** Ito ay isang inuulit na paksa (cf. v. 21; 6:52). Ang pamilya ni Hesus, bayang sinilangan, sariling mga alagad, mga taong-bayan, at mga pang-relihiyong pinuno ay hindi Siya nauunawaan. Maaaring ito ay isang paraan upang ipakita ang espiritwal na kalagayan bago ang kapuspusan ng Espiritu na darating sa Pentecost (o ang Lihim ng Mesias ay nahayag sa ipinangako, nabuhay na Panginoon).

▣ **"'nangagmatigas na baga ang inyong puso'"** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA KATAGA na nagpapahiwatig ng isang palagiang espiritwal na kalagayan na dinala ng isang panlabas na kinatawan (cf. 4:13,40; 6:52; 7:18; 8:17,21,33; 9:10,32). Ito ay tiyak na nangyari kay Iscariote. Tingnan ang Natatanging Paksa: Puso sa 2:6.

**8:18** Ito ay isang OT sipi mula sa Ezekiel 12:2 (cf. Jeremias 5:21), na sa teolohiya ay mga kaagapay sa Isaias 6:9-10 (cf. Marcos 4:12). Ang mga propeta sa OT ay nagwiwika ng salita ng Diyos, ngunit ay hindi nauunawaan dahil sa espiritwal na kalagayan ng kanilang mga tagapakinig. Ang mga sipi sa OT ay isang gramatikong anyo na inaasahan ang isang "oo" na tugon.

▣ **"'at hindi baga ninyo nangaaalaala'"** Sila ay sinusumbatan ni Hesus dahil sa kakulangan ng espiritwal na pagkakaunawa na nauugnay sa mga mahimalang pagpapakain (cf. vv. 17-21). Ang pariralang ito rin ay may isang pag-aangkop sa OT (cf. Deuteronomio 4:9-10; 8:11,19). Ang bayan ng Diyos ay kailangang mapanatili at kumilos sa mga katotohanan ng Diyos.

**8:19 "bakol"** Ito ay isang magkaibang termino mula sa 8:8. Ito ay ang terminong ginamit sa 6:43 (i.e., mas maliit na sisidlan). Siya ay nagpapaalala sa kanila ng naunang mahimalang pagpapakain. Sila ay walang ginawang ugnayan (cf. 8:32-33; 9:32-34; 10:35-37).

**8:20** Ang talatang 19 ay tumutukoy sa pagpapakain sa kabanata 6, ngunit ang talatang 20 ay tumutukoy sa kasalukuyang pagpapakain sa kabanata 8.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 8:22-26**

**[22]At nagsidating sila sa Betsaida. At dinala nila sa kaniya ang isang lalaking bulag, at ipinamanhik sa kaniya na siya ay hipuin. [23]At hinawakan niya sa kamay ang lalaking bulag, at dinala niya sa labas ng nayon; at nang maluraan ang kaniyang mga mata, at maipatong ang kaniyang mga kamay sa kaniya, ay kaniyang tinanong siya, Nakakakita ka baga ng anoman? [24]At siya ay tumingala, at nagsabi, Nakakakita ako ng mga tao; sapagkat namamasdan ko silang tulad sa mga punong kahoy, na nagsisilakad. [25]Saka ipinatong na muli sa kaniyang mga mata ang mga kamay niya; at siya ay tumitig, at gumaling, at nakita niyang maliwanag ang lahat ng mga bagay. [26]At pinauwi niya siya sa kaniyang tahanan, na sinasabi, Huwag kang pumasok kahit sa nayon.**

**8:22 "ang isang lalaking bulag,"** Isa sa mga propesiya ni Isaias ay tungkol sa ang Mesias na Siya ang magdadala ng pagkakita sa mga bulag (cf. Isaias 29:18-35:5; 42:7,16,18,19).

Ang pisikal na pagkabulag ay isang OT talinghaga para sa espiritwal na pagkabulag (cf. Isaias 56:10; 59:10). Ito katulad na play on pisikal na at espiritwal na pagkabulag ay maliwanag na makikita sa Juan 9. Ito ay maliwanag na nauugnay sa pagkabulag ng mga alagad sa 8:15,18.

**8:23 "dinala niya sa labas ng nayon"** Ito ay para sa ang layunin ng pagdadala ng sa kagaanan at pananatiling lihim ng pagpapagaling (cf. 7:33; 8:26).

▣ **"nang maluraan ang kaniyang mga mata, at maipatong ang kaniyang mga kamay sa kaniya"** Ang mga ito ay kapwa pangkulturang mga paraan ng pagpapagaling, isang pisikal at isang espiritwal. Iyon ay nangahulugang itatag ang pananampalataya ng tao. Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagpapatong ng Kamay sa 7:32.

**8:24 "'Nakakakita ako ng mga tao; sapagka't namamasdan ko silang tulad sa mga punong kahoy'"** Hindi limitado sa kapangyarihan si Hesus, ngunit kumikilos sa pananampalataya ng tao. Ito ay bahali lamang ng pagpapagaling o pagpapagaling na mga yugto na naitala sa mga Ebanghelyo.

**8:25** Ang talatang ito ay nagsimula sa pagpapatong ng mga kamay ni Hesus sa mga mata ng lalaki. Pagkatapos, ang pagkilos ay napunta sa lalaki (cf. NJB). Siya ay kailangang tumuon at tumingin nang maigi (cf. Mateo 7:5). Nang siya ay nakipagtulungan, ang kaniyang paningin ay kagyat na naipanumbalik.

**8:26** Ito ay tumutukoy sa mga inuulit na sanggunian ng Marcos kay Hesus sa pagsasabing may diin na Siya nagpapagaling hindi upang ipamalita ang kanilang paggaling Ang Textus Receptus (i.e., KJV o NKJV) ay nagdaragdag ng isang parirala na ginagawa itong mas tiyak. Hindi ninanais ni Hesus na makilala bilang isang manggagamot. Ginamit Niya ang pagpapagaling upang ipakita ang kahabagan ng Diyos, patibayin ang pananampalataya ng mga alagad, at itatag ang Kaniyang ministeryo ng pagtuturo.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 8:27-30**

**[27]At pumaroon si Hesus, at ang kaniyang mga alagad sa mga nayon ng Cesarea ni Filipo: at sa daan ay itinanong niya sa kaniyang mga alagad, na sinabi sa kanila, Ano baga ang sabi ng mga tao kung sino ako? [28]At sinaysay nila sa kaniya, na sinasabi, Si Juan Bautista; at ang mga iba, si Elias; datapuwat ang mga iba, Isa sa mga propeta. [29]At tinanong niya sila, Datapuwa't ano ang sabi ninyo kung sino ako? Sumagot si Pedro at nagsabi sa kaniya, Ikaw ang Kristo. [30]At ipinagbilin niya sa kanila na huwag sabihin kanino man ang tungkol sa kaniya.**

**8:27-30** Ang pangyayaring ito ay isang *watershed* na pangyayari sa ang Ebanghelyo ng Marcos. Ang himalang mga salaysay o kuwento na nagpapatunay sa kapangyarihan, awtoridad, at pagka-Diyos ng Hesus ay nahinto. Mula sa puntong ito ang pagbibigay-diin ay ang pagpapapako sa krus. Ang ebanghelyo ni Marcos ay binababago ang pagtuon mula sa kung sino Siya patungo sa Kaniyang dakilang pangkatubusang pagkilos (i.e., kung ano ang ginawa Niya).

**8:27 "sa mga nayon"** Ang Mateo 16:13 ay may "sa distrito ng." Si Hesus ay nagnanais na gawin ang dalawang bagay na (1) lumaya sa karamihan ng mga tao at (2) ipangaral sa lahat ng mga nayon. Sa kasong ito ang dahilan ng #1 ay nangingibabaw.

▣ **"Cesarea ni Filipo"** Ang lungsod na ito ay halos 25 milya na hilaga ng Dagat ng Galilea sa isang lugar na maraming Hentil. Iyon ay pinamamahalaan ni Herodes Felipe, hindi si Herodes Antipas.

▣ **"sa daan ay itinanong niya"** Habang naglalakad, si Hesus ay nagsimulang (DI-GANAP NA PANAHUNAN) kausapin sila.

▣ **"'Ano baga ang sabi ng mga tao kung sino ako'"** Mateo 16:13 ay may "Anak ng Tao," na ay Hesus' self-chosen titulo. Ito ay ang sentrong pang-relihiyong tanong.

**8:28 "Juan Bautista"** Ito ay kuro-kuro ni Herodes Antipas, gayundin ang kuro-kuro ng ilang mga tao (cf. Marcos 6:14,16; Lucas 9:19).

▣ **"Elias"** Ito ay nagpapahiwatig na si Hesus ang tagapagpauna ng Mesias (cf. Malakias 4:5).

▣ **"isa sa mga propeta"** Ang Mateo 16:14 ay may "Jeremias." Ang lahat ng mga pamimilian ay kinapapalooban ang isang pagkawalang-malay-tao at mga titulong pangkarangalan, ngunit hindi eksklusibong pang-Mesias.

**8:29 "'ano ang sabi ninyo kung sino ako'"** Ito ay PANGMARAMIHAN at ipinababatid sa lahat ng mga alagad. "Ninyo" ay pagbibigay-diin sa Griyego dahil ang panghalip nasa unahan (i.e., inilagay sa unahan ng pangungusap).

▣ **"'Ikaw ang Kristo'"** Pedro, ang mapagkaibigan ng pangkat, ang unang sumagot. Ito ay isang pagsasatitik ng Hebreong "Mesias" (BDB 603), na nangangahulugang "ang Isang Pinahiran." Si Hesus ay nag-aatubili na tanggapin sa madla ang titulong ito dahil sa mga bulaang pampulitikan, panghukbo, at makabayang pagpapaliwanag ng mga Hudyo. Sa pribadong kalagayang ito, tinanggap Niya, hinahangad din ang titulong ito. Ang kaagapay ng Mateo 16:16 ay may buong titulo, "ang Kristo, ang Anak ng Buhay na Diyos." Si Marcos (ang tagatala ni Pedero) ay tinatanggal ang pagpuri ni Pedro kay Hesus (cf. Mateo 16:17,19).

**8:30 "ipinagbilin niya sa kanila na huwag sabihin kanino man ang tungkol sa kaniya"** Ito ay ng isa pang halimbawa ng ang Lihim ng Mesias na lubhang karaniwang sa Marcos (cf. 1:33- 34,43; 3:12; 4:11; 5:43; 7:24,36; 8:26,30). Nalalaman nila ang titulo ngunit hindi ang misyon!

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 8:31-33

**31 At siya ay nagpasimulang magturo sa kanila, na ang Anak ng tao ay kinakailangang magbata na maraming mga bagay, at itakuwil ng matatanda, at ng mga pangulong saserdote, at ng mga eskriba, at patayin, at pagkaraan ng tatlong araw ay muling magbangon. 32 At hayag na sinabi niya ang pananalitang ito. At isinama siya ni Pedro, at pinasimulang siya ay pagwikaan. 33 Datapuwa't paglingap niya sa palibot, at pagtingin sa kaniyang mga alagad, ay pinagwikaan si Pedro, at sinabi, Lumagay ka sa likuran ko, Satanas; sapagkat hindi mo pinagiisip ang mga bagay na ukol sa Diyos, kundi ang mga bagay na ukol sa mga tao.**

**8:31 "siya ay nagpasimulang magturo sa kanila"** Ang DI-GANAP NA panahunan na maaaring mangahulugang (1) ang pagsisimula ng isang pagkilos o (2) ang nagpapatuloy na isang pagkilos sa nakalipas na panahon. Dito, ang #1 ay ipinapahiwatig ang konteksto, ngunit mayroong isa pang DI-GANAP sa 8:32 na nagpapahiwatig #2. Ito ang pagtaya ni Hesus sa Kaniyang pagdurusa at kamatayan, ngunit mayroon pang iba (cf. 9:12,31; 10:33-34).

▣ **"ang Anak ng tao ay kinakailangan"** Ito ay nagpapakita na maliwanag na nauunawaan ni Hesus ang Kaniyang misyon at ang halaga nito (cf. Marcos 10:45). Ito ay tiyak na uri ng mahuhulaang tanda na hinaharap ng Fariseo sa v. 12 upang patunayan ang isang tunay na propeta (cf. Deuteronomio 13:2-5; 18:18-22).

▣ **"magbata na maraming mga bagay"** Ito ay aspeto ng ministeryo ng Mesias na nakaligtaan ng mga Hudyo (cf. Genesis 3:15; Awit 22; Isaias 52:13- 53:12; Zacarias 9-14). Sa Hudyong kaisipan ang Mesias ay makikita bilang isang galing kay David, isang panghukbong kampeon ng Israel. Ngunit Siya rin ay magiging isang saserdote, gaya ng sa Awit 110 at Zacarias 3-4. Ito tambalang kalikasan ay maipapakilala sa mga inaasahan ng komunidad ng *Dead Sea Scrolls* na dalawang mga Mesias, isang maharlika (mula kay Judah) at isa pangsaserdote (mula kay Levi). Ang ganitong dinamikong inaasahan sa tungkulin ng pamumuno ay tila lubusang hiwalay mula sa isang nagdurusa, mamamatay na Mesias.

Sinibukan ni Hesus nang maraming beses na ipabatid sa mga alagad tungkol sa Kaniyang hinulaang pagdurusa (cf. 8:31; 9:12,30-31; 10:33-34), ngunit hindi nila maunawaan (cf. 8:32-33; 9:32-34; 10:35-37).

▣ **"itakuwil"** Ito ay nangangahulugang "pabulaanan" dahil hindi napunuan ni Hesus ang paunang mga kaunawan ng mga Hudyong pamumuno. Hindi Siya umaakma sa kanilang mga inaasahan.

▣ **"ng matatanda, at ng mga pangulong saserdote, at ng mga eskriba"** Ito ay isang paraan na tumutukoy sa Sanhedrin, isang konseho pitumpung mga pinuno mula sa Herusalem na katulad ng mataas na hukuman. Tingnan ang Natatanging Paksa sa Marcos 12:13.

▣ **"patayin. . . muling magbangon"** Ito ang diwa ng mensahe ng ebanghelyo: isang panghaliling alay, at isang maluwalhating pagpapatibay ng Diyos sa pagtanggap nito.

## NATATANGING PAKSA: ANG MULING PAGKABUHAY (THE RESURRECTION)

A. Sa Bibliya, ang mabuhay mula sa kamatayan ay may tatlong kaunawaan.
   1. Sila na hindi namatay ngunit nakasama na ngayon ng Diyos (i.e., Enoch, cf. Genesis 5:24; Elias, cf. 2 Mga Hari 2:11), na tinatawag na "isinasalin."
   2. Ang ilan, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, ay ibinalik mula sa pinto ng kamatayan patungo sa pisikal na kalusugan. Ito ay tinatawag na "pagmamalay-tao." Sila ay mamamatay sa isang punto sa hinaharap.
   3. Mayroon lamang isang muling pagkabuhay (i.e., Hesus). Siya ay namatay ngunit nabuhay mula sa mga patay (i.e., *hades*) at pinagkalooban ng isang bagong katawan na inihanda para sa walang-hanggang buhay na kasama ang Diyos. Siya ang unang bunga mula sa mga patay (cf. 1 taga-Corinto 15:20, 23; "panganay sa mga patay," cf. taga-Colosas 1:15,17). Dahil sa Kaniya, ang mga mananampalataya ay muling mabubuhay sa Ikalawang Pagparito (cf. Mga Awit 49:15; 73:24; Isaias 26:19; Daniel 12:2; Mateo 22:31-32; Marcos 12:26-27; Juan 5:25, 28-29; 6:39-40, 44, 54; taga-Roma 8:11; 1 taga-Corinto 15; 1 taga-Thesalonica 4:13-18; 1 Juan 3:2).

B. Katibayan para sa muling pagkabuhay
   1. Limampung (50) araw pagkatapos sa Pentecostes, ang muling pagkabuhay ay naging susi talata ng pangangaral ni Pedro (cf. Mga Gawa 2). Libo-libong naninirahan sa dakong yaon kung saan ito naganap ay nanampalataya!
   2. Ang mga buhay ng disipulo ay sukdulang nabago mula sa panghihina ng kalooban (hindi nila inaasahan ang muling pagkabuhay) hangang sa katapangan, kahit na sa pagiging martir.
   3. Si Pablo ay nagtala ng maraming mga saksi sa 1 taga-Corinto 15:5-8, kasama ang kaniyang sarili (cf. Mga Gawa 9).

C. Kahalagahan ng muling pagkabuhay
   1. Nagpapakita na si Hesus ang nag-aangkin kung sino Siya (cf. Mateo 12:38-40 hula sa kamatayan at muling pagkabuhay)
   2. Ibinigay ng Diyos ang Kanyang pagsang-ayon sa buhay, katuruan, at panghaliling kamatayan ni Hesus! (cf. taga-Roma 4:25)
   3. Ipinakita sa ating ang pangako sa lahat ng mga Kristiyano (i.e. mga katawan sa muling pagkabuhay, cf. I taga-Corinto 15)

D. Ang mga pag-aangkin mula kay Hesus na Siya ay muling mabubuhay mula sa mga patay
   1. Mateo 12:38-40; 16:21; 17:9,22, 23; 20:18-19; 26:32; 27:63
   2. Marcos 8:31; 9:1-10, 31; 14:28,58
   3. Lucas 9:22-27
   4. Juan 2:19-22; 12:34; mga kabanata 14-16

E. Kapwa sina Pedro at Pablo ay inaangkin na ang Awit 16 ay tumutukoy kay Hesus, ang Mesias
   1. Pedro sa Mga Gawa 2:24-32
   2. Pablo sa Mga Gawa 13:32-37

F. Karagdagang Pag-aaral
   1. *Evidence That Demands a Verdict* ni Josh McDowell
   2. *Who Moved the Stone?* ni Frank Morrison
   3. *The Zondervan Pictorial Encyclopedia of Bible*, "Resurrection," "Resurrection of Jesus Christ"
   4. *Systematic Theology* ni L. Berkhof, pp. 346, 720.

▣ **"pagkaraan ng tatlong araw ay muling magbangon"** Ang pariralang ito ay maaring tumutukoy sa Osea 6:1-2. Iyon ay ipinaliwanag sa isang katulad na paraan sa Aramaikong Targum sa talatang ito. Gayunman, si Hesus ay tila gumagawa ng isang pagkabanggit sa Jonas 1:17 (cf. Mateo 12:39; 16:4). Ang uring ito ng hinulaang tanda ay ang tiyak na tinatanong ng mga Fariseo sa v. 12 (cf. Mateo 16:4). Ang uring ito ng hula ay batayan sa pagturing ng isang tunay na propeta ayon sa Deuteronomio 13:2-5; 18:18-22. Binigyan sila ni Hesus ng tanda pagkatapos ng tanda, ngunit hindi nila, ayaw nilang makita!

**8:32**

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"hayag na sinabi niya ang pananalitang ito"** |
| **NKJV** | **"lantad na kaniyang inihayag ang mga salitang ito"** |
| **NRSV, NJB** | **"sinabi niya ang lahat ng ito ng lubhang lantaran"** |
| **TEV** | **"ginawa niyang lubhang malinaw ito sa kanila"** |

Ito ay ng isa pang DI-GANAP NA panahunan gaya ng v. 31. Dito, iyon ay nangahulugang "nagsimula," ngunit dito iyon ay maaaring tumutukoy sa inulit na pagkilos (i.e., sinabi sa kanila ni Hesus ang tungkol sa Kaniyang pagdurusa at kamatayan nang maraming beses). Siya ay nagsasabi sa kanila nang malinaw—walang mga talinghaga, walang mga sagisag, walang mga metapora (cf. Juan 10:24; 11:14; 16:25,29; 18:20).

▣ **"isinama siya ni Pedro"** Ito ay ginawa nang may katapatan, ngunit walang pagkakaunawa. Si Pedro ay kumukilos bilang kahalili ni Satanas sa kung paano gamiting ang Kaniyang pang-Mesias na opisina upang abuting at magligtas ng tao (cf. 1:12-13; Mateo 4:1-11).

▣ **"at pinasimulang siya ay pagwikaan"** Ito ay isang malakas na Griyegong salita (cf. LXX ng Genesis 37:10; Lucas 4:41; II Timoteo 4:2). Iyon ay ginamit ni Hesus sa 1:25; 3:12; 4:39; at 9:25. Sa kontekstong ito, si Pedro "ay pinagalitan" o "pinuna" si Hesus sa Kaniyang mga pahayag. Tiyak na ang kaniyang layunin ay ipagtanggol si Hesus, hindi hatulan Siya. Hindi naunawaan ni Pedro ang panghalili at pang-propesiyang kalikasan pagdurusa ni Hesus.

Kinagalitan ni Hesus si Pedro sa 8:33 para sa kaniyang kawalan ng espiritwal na kabatiran at kabagalan sa pag-unawa.

**8:33 "pagtingin sa kaniyang mga alagad"** Sinabi ni Hesus ang salitang ito kayPedro, ngunit sa isang kaunawaan na Siya ay nagsasalita sa lahat ng mga alagad.

▣ **"Lumagay ka sa likuran ko, Satanas"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS. Inuutos ni Hesus kay Pedro na tanggalin ang kaniyang sarili mula sa paningin ni Hesus. Ito ay mga pakahulugan sa OT ng pataggi (i.e., "lumagay sa likuran ko," cf. I Mga Hari 14:9; Ezekiel 23:35). Na hindi naiisip iyon, na tinutukso ni Pedro si Hesus sa lubhang katulad na paraan gaya ng ginawa ni Satanas sa ilang (cf. 1:12-13; Mateo 4:1-11). Sinubukan ni Satanas na makuha ni Hesus ang katapatan ng tao sa anumang paraan huwag lang ang Kalbaryo (i.e., pakainin sila, ipakita sa kanila ang mga himala, ikompromiso ang Kaniyang mensahe). Hindi naisip ni Pedro na ang pagdurusa at kamatayan ni Hesus ay plano ng Diyos (cf. 10:45; Mga Gawa 2:23; 3:18; 4:28; 13:29; II taga-Corinto 5:21). Tingnan ang Natatanging Paksa: Satanas sa 1:13.

Kadalasang ang pinakamasakit at tusong panunukso ay nagmula sa mga kaibigan at pamilya! Ang Kaharian ng Diyos, hindi persona na mga pagtatangi, personal na mga tanging-karapatan, o persona na layunin, ay ang pinakamataas na pagiging-una (cf. 8:34-38).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 8:34-9:1

**34At pinalapit niya sa kaniya ang karamihan pati ng kaniyang mga alagad, at sa kanila'y sinabi, Kung ang sinomang tao ay ibig sumunod sa akin, ay tumanggi sa kaniyang sarili, at pasanin ang kaniyang krus, at sumunod sa akin. 35Sapagkat ang sinomang magibig iligtas ang kaniyang buhay ay mawawalan nito: at ang sinomang mawalan ng kaniyang buhay dahil sa akin at sa ebanghelyo ay maililigtas yaon. 36Sapagkat ano ang mapapakinabang ng tao, na makamtan ang buong sanglibutan, at mapapahamak ang kaniyang buhay? 37Sapagkat anong ibibigay ng tao na katumbas sa kaniyang buhay? 38Sapagkat ang sinomang magmakahiya sa akin at sa aking mga salita sa lahing ito na mapangalunya at makasalanan, ay ikahihiya rin naman siya ng Anak ng tao, pagparito niyang nasa kaluwalhatian ng kaniyang Ama na kasama ng mga banal na anghel. 9:1At sinabi niya sa kanila, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, May ilan sa nangakatayong ito, na hindi matitikman sa anomang paraan ang kamatayan, hanggang sa makita nila ang kaharian ng Diyos na dumarating na may kapangyarihan.**

**8:34 "pinalapit ang karamihan pati ng kaniyang mga alagad"** Ang Marcos ang tanging Ebanghelyo na tinala ang presensya ng karamihan ng tao sa Caesarea Philippi. Kadalasan, ang angyayaring ito ay makikita bilang isang pribadong panahon sa pagtuturo, ngunit maliwanag nandito din ang ibang tao. Ang karamihan ng taong ito ay maaaring may isinama hindi mga Hudyo at maaaring walang Fariseo o mga pang-relihiyong pinuno dahil iyon ay nasa labas ng tradisyunal na ipinangakong lupain sa isang lugar ng Hentil. Iyon sa karamihan ng tao, si Hesus ay nagpapahayag ng tunay na halaga ng pagiging alagad, ang radikal, lubusang pagsuko na kinakailangan upang sundan Siya. Siya ay nag-anyayang sumunod sila, ngunit maliwanag na inihayag ang halaga!

▣ **"kung"** Ito ay isang UNANG URING MAY PASUBALI NA PANGUNGUSAP, na ipinagpapalagay na tunay mula sa pananaw ng may-akda o para sa kaniyang pampanitikang layunin.

▣ **"Kung ang sinomang tao ay ibig sumunod sa akin"** Pansinin ang pangkalahatang paanyaya na maging mga alagad ni Hesus. Ngunit mayroong halaga (i.e., kaligtasan ay walang-bayad, ngunit ang pagiging alagad ay kinakailangan at lubhang mahal sa pansarili). Iyon ay nakakawili na ang mismo mga salita ni Hesus kay Pedro sa v. 33 (*hupage opisō mou*) ngayon ay muling ginamit (*opisō mou*), ngunit sa kaunawaan ng "sumunod ka sa akin" (i.e., pagiging alagad). Mayroong isang hindi nararapat na pagsunod (si Pedro bilang tagasunod ni Satanas) at isang nararapat na pagsunod (i.e., di-makasariling paglilingkod). Ang mismong bagay na kinagalit ni Pedro kay Hesus para sa pag-iisip ngayon ay maliwanag na inihayag bilang layunin para sa lahat, "pasanin ang iyong krus"!

▣ **"tumanggi sa kaniyang sarili"** Ito ay isang AORIST PANGGITNANG PAUTOS ng isang termino na nagpapahiwatig na "itanggi," "itakwil," "talikuran," o "pabayaan" (cf. Mateo 16:24; 20:35,75; Marcos 8:34; 14:30,32,72; Lucas 9:23; 12:9; 23:34,61; Juan 13:38).

Ang pagbagsak (cf. Genesis 3) ay ginawa ang pagiging malaya at pagiging makasarili ng sangkatauhan na layunin ng

buhay, ngunit ngayog ang mga mananampalataya ay kailangang ibalik ang di-makasariling pagtitiwala sa Diyos. Ang kaligtasan ay ang pagpapanumbalik ng larawan ng Diyos sa sangkatauhan, na sinira ng pagbagsak ng tao. Pinapahintulot nito ang malapit na pakikipag-ugnayan sa Ama, na layunin ng nilikha.

▣ **"pasanin ang kaniyang krus"** Ito ay isang AORIST TAHAS NA PAUTOS. Ang pariralang ito na "pasanin ang iyong krus" ay tumutukoy sa isang nahatulang kriminal na kailangang dalhin ang kaniyang sariling krus ang lugar ng pagpapapako sa krus. Ito ay isang pangkulturang talinghaga para sa isang masakit, nakakahiyang kamatayan. Sa kontekstong ito, iyon ay tumutukoy sa "kamatayan sa ating lumang makasalanang kalikasan." Ang ebanghelyo ay isang radikal na pagtawag para sa minsan-at-para sa-lahat ng pagsunod, pagiging alagad (cf. Mateo 10:38; 16:24; Lucas 9:23; 14:27; 17:33; Juan 12:25). Gaya ng pagbibigay ni Hesus ang Kaniyang buhay para sa iba, tayo rin ay kailangang sumunod sa Kaniyang halimbawa (cf. II taga-Corinto 5:14-15; taga-Galacia 2:20; I Juan 3:16). Ito ay maliwanag na pinapakita na ang mga munga sa pagkalugmok ay natanggal na.

▣ **"at sumunod sa akin"** Ito ay PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS. Ito ay ang wika ng rabinikal na pagiging alagad. Ang Kristiyanismo ay isang tiyak na pagpili na sinusundan ng nagpapatuloy na pagiging alagad (cf. Mateo 28:19-20; taga-Efeso 2:8-10).

**8:35-37 "iligtas ang kaniyang buhay. . .mawawalan ng kaniyang buhay"** Ito ay isang paglalaro sa Griyegong salita para sa "sarili," *psuchē*. Sa kontekstong ito mayroong isang pagkakaiba sa pagitan espiritwal na pamumuhay (nakatuon sa Kaharian) at makasariling pamumuhay (pang-mundo, nakasentro sa sarili). Ang salin ni Williams sa NT ay may "mas mataas na buhay. . .mas mababang buhay." Kung tayo nabubuhay para kay Kristo, tayo ay mabubuhay nang walang-hanggan; kung tayo mabubuhay para sa sarili, tayo ay patay sa espiritu (cf. Genesis 3; Isaias 59:2; taga-Roma 5:18-19; 7:10-11; 8:1-8; taga-Efeso 2:1,5; taga-Colosas 2:13; Santiago 1:15) at isa araw ay magiging patay sa walang-hanggan (cf. Pahayag 2:11; 20:6,14; 21:8). Ang katotohanang ito ay katulad sa talinghaga ng "ang mayamang hangal" (cf. Lucas 12:16-20).

**8:35 "sa ebanghelyo"** Ito ay isang tambalan ng *eu* (mabuting) at *angelos* (mensahe). Iyon sa orihinal ay nangahulugang ipahayag ang mabuting mga balita, ngunit iyon ay ginamit para sa mensahe tungkol kay Hesus bilang Mesias na nagdadala ng kaligtasan (at lahat ng mga kaugnay na doktrina nito). Iyon ay kumakatawan para sa mga katotohanan ng Kristiyanismo at ang pagpapahayag ng mga katotohanang ito. Ang ebanghelyo ni Marcos ay maaaring una sa paggamit ng kaunawaang ito (cf. 1:1,14-15; 8:35; 10:29; 14:9).

**8:36 "'makamtan ang buong sanglibutan'"** Ito rin ay isa sa mga tukso ni Sanatas kay Hesus (cf. Mateo 4:8-9).

▣ **"'at mapapahamak ang kaniyang buhay'"** Ito ay isang AORIST BALINTIYAK NA PAWATAS ng isang terminong ginamit upang ilarawan ang pagkawalang ng isang bagay na dating tinataglay (cf. Mateo 16:26; Mga Gawa 27:10).

**8:37** Ito ay isang makapangyarihang tanong. Saan ang mauuna, kasalukuyang buhay o walang hanggang buhay? Ang makasariling pamumuhay ay ninanakawan ang isa ng kagalakan ng buhay at kaloob ng buhay! Ang buhay na ito ay kapwa isang kaloob at isang pamamahala.

**8:38 "'sinomang magmakahiya sa akin at sa aking mga salita'"** Ito ay tumutukoy sa panahon na ang bawat tao ay nakaharap ang ebanghelyo. Ang katulad na katotohanang ito ay inihayag sa isang magkaibang paraan sa Mateo 10:32-33 at Lucas 12:8-9. Kung ano ang kapasyahan ng tao ngayon tungkol sa ebanghelyo ay magpapasya na kanilang hinarap. Si Hesus ang ebanghelyo!

Ang pariralang ito ay isang PANGATLONG URING MAY PASUBALI na pangungusap, na nagpapakilala ng anumang mangyayari (cf. TEV at NJB).

▣ **"'sa lahing ito na mapangalunya at makasalanan'"** Ang mga Hudyo sa *interbiblical* na yugto ay pinaunlad ang isang teolohiya ng dalawang panahon. Ang kasalukuyang panahon ay pinangungunahan ng kasalanan, sarili, at kawalang katuwiran. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Dalawang Pang-Hudyong Panahon sa Marcos 13:8. Gayunman, ipinadala ng Diyos ang Mesias at itatatag ang isang bagong panahon ng katuwiran. Si Hesus ay nagpapahayag na Siya sa Kaniyang sarili ay pinapasinayanan ang bagong panahon na it at bagong katuwiran na nakabatay (i.e., nakasalalay, cf. Juan 1:12; 3:16) sa personal na pananampalataya at pagtitiwala sa Kaniya, hindi sa kagalingan ng tao (cf. Jeremias 31:31-34; Mateo 5:20).

▣ **"'ang Anak ng Tao'"** Ito ay sariling-pagkakilanlan ni Hesus; iyon ay walang makabaya, pang-hukbo, o pantanging mga kahihinatnan sa unang siglong Judaismo. Ang termino ay nagmula sa karaniwang paggamit nito sa Ezekiel 2:1 at Mga Awit 8:4, kung saan iyon ay nangahulugang "taong nilalang" at Daniel 7:13, kung saan iyon ay nagpapahiwatig na Mesias at Diyos (i.e., nakasakat sa mga ulap ng langit, lumalapit sa Diyos at tatanggapin ang walang hanggang kaharian). Ang termino ay pinagsasama ang tambalang mga aspeto ng persona ni Hesus, lubusang Diyos at lubusang tao (cf. I Juan 4:1-3).

▣ **"pagparito niya"** Ang OT ay maliwanag na nagpapahayag ng isa pagdating ng Mesias. Gayunman, ang buhay sa mundo ni Hesus ay nagpapakita na ang Genesis 3:15; Awit 22; Isaias 53; at Zacarias 9-14 tumutukoy din sa pagdurusa ng Mesias. Ang pangalawang maluwalhating pagdating ng Mesias bilang Panginoon at Hukom ng sansinukob ay ang tiyak na paraan na inaasahan ng mga Hudyo sa Kaniyang pagdating sa unang pagkakataon. Ang kanilang saradong-isip, teolohikong dogmatismo ang nagdulot sa kanila na tanggihan si Hesus.

Ang Ikalawang Pagdating ay isang pangunahing at palaging inuulit na katotohanan sa NT (cf. Mateo 10:23; 16:27-28; 24:3,27,30,37; 26:64; Marcos 8:38-39; 13:26; Lucas 21:27; Juan 21:22; Mga Gawa 1:11; I taga-Corinto 1:7; 15:23; taga-Filipos 3:20; I taga-Thesalonica 1:10; 2:19; 3:13; 4:16; II taga-Thesalonica 1:7,10; 2:1,8; Santiago 5:;7-8; II Pedro 1:16; 3:4,12; I Juan 2:28; Pahayag 1:7).

▣ **"'nasa kaluwalhatian ng kaniyang Ama na kasama ng mga banal na anghel'"** Ito ay isang hula ng OT mula sa Daniel 7:10 (cf. Mateo 16:27; Marcos 13:20; Lucas 9:26; II taga-Thesalonica 1:7). Ito ay tumutukoy sa Ikalawang Pagdating. Ito ay isa pang paraan sa paghahayag ng pagka-Diyos ni Hesus. Maraming beses sa Mateo na mga anghel ay eskatolohikong mga tagapagtipon at mga tagahati ng sangkatauhan (cf. 13:39-41,49; 24:31).

▣ **"kaluwalhatian"** Sa OT ang pinakakaraniwang Hebreong salita para sa "kaluwalhatian" (*kabod*) sa orihinal ay isang pangkalakalang termino (na tumutukoy sa isang pares ng timbangan) na ang kahulugan ay "maging mabigat." Ang mabigat ay may halaga o mayroong tunay na pakinabang. Kadalasang ang konsepto ng liwanag ay idinagdag sa salitang ito upang ipahayag ang pagkamaharlika ng Diyos (cf. Exodo 15:16; 24:17; Isaias 60:1-2). Siya lamang ay karapat-dapat at marangal. Siya ay lubhang makinang upang pagmasdan ng nalugmok na sangkatauhan (cf. Exodo 33:17-23; Isaias 6:5). Ang Diyos ay makikilala lamang sa pamamagitan ni Kristo (cf. Jeremias 1:14; Mateo 17:2; Juan 14:8-9; Hebreo 1:3; Santiago 2:1).

Ang terminong "kaluwalhatian" ay may kalabuan.

1. iyon ay maaaring kaagapay sa "ang katuwiran ng Diyos"
2. iyon ay maaaring tumutukoy sa "kabanalan" o "kasakdalan" ng Diyos
3. iyon ay maaaring tumutukoy sa larawan ng Diyos kung saan ang sangkatauhan ay nilikha (cf. Genesis 1:26-27; 5:1; 9:6), ngunit nang kinalaunan ay napinsala sa pamamagitan ng paghihimagsik (cf. Genesis 3:1-22)

Iyon ay unang ginamit sa presensiya ni YHWH sa Kaniyang bayan sa ulap ng kaluwalhatian sa panahon ng yugto ng paglalagalang sa ilang (cf. Exodo 16:7,10; Levitico 9:23; Bilang 14:10).

**9:1** Mayroong maraming mga teoriya upang ipaliwanag ang kapahayagan ni Hesus. Iyon ay maaaring tumutukoy sa

1. pag-akyat sa langit ni Hesus
2. ang Kaharian na nandito na kay Hesus
3. ang darating na Espiritu sa Pentecost
4. ang pagkawasak ng Herusalem sa A.D. 70
5. ang inaasahang maagang pagbalik ni Hesus
6. ang mabilis na paglaganap ng Kristiyanismo
7. ang pagpapalit ng anyo.

Ang mga teoriya ay nakatuon sa magkaibang mga parilala sa teksto: (1) "ilang mga tao na nandito"; (2) "ang Kaharian ng Diyos"; o (3) "darating sa kapangyarihang ito." Ang pinakamainam na palagay ay #7 dahil sa kagyat na konteksto ng Marcos. 9:2-13 at II Pedro 1:16-18. Gayundin, walang ibang teoriya ay maipapaliwanag ang lahat ng tatlong mga aspeto ng teksto. Ngunit isipin kung magkagayon nga, ngayon, iyon ay tumutukoy lamang kina Pedro, Santiago, at Juan.

▣ **"Katotohanan"** Ito sa literal ay "amen." Tingnan ang Natatanging Paksa sa 3:28.

▣ **"hindi matitikman ang kamatayan"** Ito ay isang malakas na DALAWAHANG SALUNGAT NA ginamit bilang isang matalinghagang parirala (i.e., paghinto ng karanasan ng buhay).

▣ **"ang kaharian ng Diyos"** Tingnan ang tala sa isang 1:15.

▣ **"na dumarating na may kapangyarihan"** Ito ay isang GANAP NA TAHAS NA KATAGA, na nagpapahiwatig ng buong at ganap na pagdating ng kaharian. Ito ay pinag-iba sa katotohanan na ang kaharian, sa ilang tunay na kaunawaan, ay pinasinayanan sa pagdating ni Hesus (i.e., pagkakatawang-tao), ngunit isang panghinaharap na pangyayari ay dapat inaasahan (i.e., Ikalawang Pagdating).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling

pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Si Hesus ba ay nagpakain ng dalawang malaking pangkat ng tao o mayroong isang pagpapakain mula sa dalawang pananaw?
2. Anong uri ng "tanda" ang ninanais ng mga Fariseo?
3. Bakit sinumbatan ni Hesus ang alagad?
4. Bakit bahagya lamang pinagaling ni Hesus ang bulag sa unang pagkakataon?
5. Bakit tila mas buo ang tala ni Mateo kaysa sa tala ni Marcos sa pagpapahayag ng pananampalataya ni Pedro?
6. Ano ang tiyak na ipinapahiwatig ng pagpapahayag ng pananampalataya ni Pedro tungkol kay Hesus?
7. Bakit lubhang nagulat ang mga alagad sa katuran ni Hesus tungkol sa Kaniyang kamatayan sa Herusalem?
8. Ipaliwanag sa iyong sariling mga salita kung ano ang kahalagan ng talatang 34-38.

# MARCOS 9

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Pagpapalit-anyo ni Hesus | Nagpalit-anyo si Hesus sa Bundok | Ang Pagpapalit-anyo | Ang Pagpapalit-anyo | Ang Pagpapalit-anyo |
| 9:2-8 | 9:2-13 | 9:2-8 | 9:2-6 | 9:2-8 |
| | | Propesiya tungkol kay Elias | 9:7-8 | Tanong tungkol kay Elias |
| 9:9-13 | | 9:9-13 | 9:9 | 9:9-13 |
| | | | 9:10-11 | |
| | | | 9:12-13 | |
| Pagpapagaling ng Batang Lalaki na may Masamang Espiritu | Napagaling ang Isang Batang Lalaki | Napagaling ang Batang may Epilepsiya | Pinagaling ni Hesus ang Batang may Masamang Espiritu | Ang Epilepsiyang may Demonyo |
| 9:14-29 | 9:14-29 | 9:14-29 | 9:14-16 | 9:14-29 |
| | | | 9:17-18 | |
| | | | 9:19-20a | |
| | | | 9:20b-21a | |
| | | | 9:21b-22 | |
| | | | 9:23 | |
| | | | 9:24 | |
| | | | 9:25 | |
| | | | 9:26-27 | |
| | | | 9:28 | |
| | | | 9:29 | |
| Hinulaang Muli ni Hesus ang Kaniyang Kamatayan at Pagkabuhay | Hinulaang Muli ni Hesus ang Kaniyang Kamatayan at Pagkabuhay | Hinulaan ang Pagdurusa | Nagwika si Hesus tungkol sa Kaniyang Kamatayan | Ikalawang Propesiya sa Pagpapakasakit |
| 9:30-32 | 9:30-32 | 9:30-32 | 9:30-31 | 9:30-32 |
| | | | 9:32 | |
| Sino ang Pinakadakila? | Sino ay Pinakadakila? | Ang Tunay na Kadakilaan | Sino ay Pinakadakila? | Sino ay Pinakadakila? |
| 9:33-37 | 9:33-37 | 9:33-37 | 9:33 | 9:33-37 |
| | | | 9:34-37 | |
| Siya na Hindi Laban sa Atin ay Para sa Atin | Pinagbawal ni Hesus ang Pagpapangkat-pangkat | Ang Di-Kilalang Nagpapa-Layas ng Demonyo | Sinumang di Laban sa Atin ay Para sa Atin | Sa Paggamit ng Pangalan ni Hesus |
| 9:38-41 | 9:38-41 | 9:38-41 | 9:38 | 9:38-40 |
| | | | 9:39-41 | Kabaitang Ipinakita sa mga Alagad ni Kristo |
| | | | | 9:41 |
| Panunukso sa Kasalanan | Nababalat si Hesus ng Ganti | Mga babala ng Impyerno | Panunukso sa Kasalanan | Gabay sa Ibang Maliligaw |
| 9:42-50 | 9:42-48 | 9:42-48 | 9:42-48 | 9:42-50 |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | Walang Halaga ang Walang Lasang Asin | Mga Maalat na Alagad | |
| | 9:49-50 | 9:49-50 | 9:49 |
| | | | 9:50a |
| | | | 9.50b |

## IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng pagpapaliwanag. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata
2. Pangalawang talata
3. Pangatlong talata
4. Atbp.

## MGA KAAGAPAY SA MGA SINOPTIKONG EBANGHELYO

A. Marcos 9:2-8 ay kaagapay sa Mateo 17:1-8 at Lucas 9:28-36.

B. Marcos 9:9-13 ay kaagapay sa Mateo 17:9-13 at Lucas 9:36.

C. Marcos 9:14-29 ay kaagapay sa Mateo 17:14-20 at Lucas 9:37-43.

D. Marcos 9:30-32 ay kaagapay sa Mateo 17:22-23 at Lucas 9:43-45.

E. Marcos 9:33-37 ay kaagapay sa Mateo 18:1-5 at Lucas 9:46-48.

F. Marcos 9:38-50 ay kaagapay sa Mateo 18:6-14 at Lucas 9:49-50.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 9:2-8

**[2]At pagkaraan ng anim na araw, ay isinama ni Hesus si Pedro, at si Santiago, at si Juan, at sila ay dinalang
bukod sa isang mataas na bundok: at siya ay nagbagong-anyo sa harap nila; [3]At ang kaniyang mga damit ay
nangagningning, na nagsiputing maigi, na ano pa't sinomang magpapaputi sa lupa ay hindi makapagpapaputi ng
gayon. [4]At doon ay napakita sa kanila si Elias na kasama si Moises: at sila ay nakikipagusap kay Hesus. [5]At sumagot
si Pedro at sinabi kay Hesus, Rabi, mabuti sa atin ang tayo'y dumito: at magsigawa kami ng tatlong tabernakulo;
isa ang sa iyo, at isa ang kay Moises, at isa ang kay Elias. [6]Sapagkat hindi niya nalalaman kung ano ang isasagot;
sapagkat sila ay lubhang nangatakot. [7]At dumating ang isang alapaap na sa kanila'y lumilim: at may isang tinig na
nanggaling sa alapaap, Ito ang sinisinta kong Anak; siya ang inyong pakinggan. [8]At karakaraka'y sa biglang
paglingap nila sa palibotlibot, ay wala silang nakitang sinoman, kundi si Hesus lamang na kasama nila.**

**9:2 "anim na araw"** Ang Lucas 9:28 ay may "walong araw." Ang ganitong tiyak na pagtatanda ng panahon ay lubhang di-karaniwan sa Ebanghelyo ni Marcos.

**"si Pedro, at si Santiago, at si Juan"** Ito ang panloob na pangkat ng mga alagad na palaging nandoon sa mga pangunahing pangyayari (cf. 5:37). Ang pangyayaring ito ay malalaga para sa kanila gayundin kay Hesus.

▣ **"sa isang mataas na bundok"** Ang tradisyon (i.e., ang di-kanonikong Ebanghelyo ng mga Hebro) ay nagsasabing iyon ay Bundok Tabor, ngunit maaaring iyon ay isa sa mga paanang burol ng Bundok Hermon.

Ang isa ay namamangha kung ang karanawang ito ay isang tipolohikong paraan ng pag-aaninag ng karanasan ni Moises sa Bundok Sinai.

1. isang mataas na bundok
2. ang ulap
3. ang mukha ay maluwalhati (Exodo 34:29)
4. isang anim na araw na yugto (cf. Exodo 24:16)

Ang paskang pang-Exodo (i.e., Hesus bilang bagong Moises, na pinagkakaloob ang bagong kasunduan, na magpapalaya ng Kaniyang bayan sa pagkaalipin ng kasalanan) ay isang inuulit na pagkabanggit sa Marcos. Sa Ebanghelyo ni Lucas, iyon ay nagsasabing Hesus, Moises, at Elias ay tinatalakay ang exodo ni Hesus.

▣ **"sila ay bukod"** Ang Lucas 9:28 ay nagpapahayag na ang layunin na "manalangin." Si Hesus ay nagnais na makawala sa karamihan ng tao upang magturo sa mga alagad nang pribado. Sa pagkakatong iyon, ito ang panloob na pangkat ng pamumuno.

▣ **"siya ay nagbagong-anyo sa harap nila"** Ito ay isang AORIST BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG ng isang tambalang termino *meta* (i.e., after) at *morphoō* (i.e., anyo), na humantong sa kahulugan na "pagbabago ng anyo." Nakuha natin ang Ingles na terminong "*metamorphosis*" mula sa Griyegong terminong ito. Ang makinang na kaluwalhatian ni Hesus bago pa ang paglalang ay makikita sa pamamagitan ng Kaniyang katawang laman. Ang kinang ng Kaniyang tunay na maka-Diyos na sarili ay makikita ng mga alagad na ito (cf. II Pedro 1:16-18). Ang terminong *morphē* (cf. taga-Filipos 2:6-7) ay nagpapakilala ng di-nagbabagong diwa ng isang bagay o isang taon (ang kasalungat ng *schēma*, cf. taga-Filipos 2:8, ang nagbabagong panlabas na anyo).

Ang katulad na pagbabagong-anyong ito ay maaari para sa Kaniyang mga tagasunod (cf. taga-Roma 12:2; II taga-Corinto 3:18). Sa isang kaunawaan ito ay tumutukoy sa pagpapanumbalik ng maka-Diyos na larawan sa sangkatauhan, na nasira sa Pagkalugmok sa Genesis 3. Binigyan tayo ng kakayahan ni Hesus na maging lubos na tao, lubos na tulad ni Kristo.

**9:3**
**NASB** **"ang kaniyang mga damit ay nangagningning, na nagsiputing maigi"**
**NKJV** **"ang Kaniyang mga damit ay naging makinang, napakaputi"**
**NRSV** **"ang kaniyang mga damit ay naging nakamamanghang kaputian"**
**TEV** **"ang kaniyang mga damit naging makinang na puti"**
**NJB** **"ang kaniyang mga damit naging makintab"**

Ang Mateo 17:2 ay nagdaragdag ng "Kaniyang mukha ay nagliliwanag tulad ng Araw." Ito ay tiyakang isang aspeto ng kaluwalhatian ni Hesus, na kadalasang isang sangkap ng kaningningan (cf. mas buong tala sa 8:38).

▣
**NASB, NKJV** **"ano pa't sinomang magpapaputi sa lupa ay hindi makapagpapaputi ng gayon"**
**NRSV** **"walang anuman sa lupa ang makakapagpaputi sa kanila"**
**TEV** **"mas maputi sa sinuman sa mundo na makakapaghugas sa kanila"**
**NJB** **"mas maputi pa sa mga pampaputi ng mundo na maaaring magawa"**

Ito ay tumutukoy sa isang manggagawa na naglinis ng damit.

Sa mga talatang ito, ang mga aklat pangkasaysayan ay lubhang nakatutulong . Hayaan mong banggiting ko ang maraming nakatulong sa aking sa pag-unawa ng kultura ng *Ancient Near Eastern*.

1. Roland de Vaux, *Ancient Israel*, dalawang tomo
2. Fred H. Wright, *Manners and Customs of Bible Lands*
3. James M. Freeman, *Manners and Customs of the Bible*
4. Jack Finegan, *Light From the Ancient Past*, dalawang tomo
5. James S. Jeffers, *The Greco-Roman World of the New Testament Era*
6. K. A. Kitchen, *Ancient Orient and the Old Testament*
7. Edwin M. Yamauchi, *The Stones and the Scriptures*

**9:4 "Elias. . .Moises. . .Hesus"** Ito ay nagpapakita ng nagpapatuloy na kapahayagan ng Diyos. Pansinin na sila ay tila mayroon nang muling pagkabuhay na mga katawan, na nakakagulat sa liwanag ng I taga-Thesalonica 4:13-18. Ang mga ito ay dalawang pangunahing mga larawan sa Lumang Tipan na mayroong eskatolohikong pang-propesiyang aspeto (i.e., Elias na nauna sa Mesias at Moises, isang Propeta tulad ni Hesus).

▣ **"napakita"** Ang terminong ito ay ginamit sa mga pagpapakita ng angle sa Lucas 1:11 at 22:43, at kay Hesus sa Lucas 24:34.

▣ **"sila ay nakikipagusap kayHesus"** Ito ay isang PAIKOT-IKOT NA DI-GANAP, na nagpapahiwatig ng isang mahabang pag-uusap. Ang Lucas 9:31 ay nagsasabing sila ay naguusap tungkol sa paglisan ni Hesus (i.e., exodo) mula sa Herusalem. Mayroong isang kataka-takang mga katotohanan sa pagitan ng talatang ito at Exodo 24:12-18.

1. ang panahon sangkap na "anim na araw" (v. 2)
2. ang lugar, "sa isang mataas na bundok" (v. 2)
3. ang presensiya ng isang ulap at nagsasalita ng Diyos mula dito (v. 7)
4. ang pagkabanggit ng kaluwalhatian sa mukha ni Moises at dito sa mukha ni Hesus (Lucas 9:29; Exodo 34:29-30)

**9:5 "sumagot si Pedro at sinabi kay Hesus"** Ang Lucas 9:32 ay nagsasabing ang tatlong mga alagad ay nakatulog matapos ang isang mahabang araw at mahirap na pag-akyat at nagising si Pedro sa tamang oras upang makita sina Elias at Moises paalis.

▣ **"'Rabi'"** Ang kaagapay sa Mateo ay may "Panginoon" at ang kaagapay sa Lucas ay may "Guro."

▣ **"mabuti sa atin ang tayo'y dumito"** Ano isang nakakasindak na espiritwal at pisikal na karanasan na maaaring mangyari; anong isang pagpapatibay ng persona ni Hesus bilang ang ipinangakong Mesias ng OT.

▣ **"mga tabernakulo"** Ito ay maaaring katulad na pagkakayari na pansamantalang atip ng pawid na ginamit sa panahon ng Pista ng mga Tolda. Ang kahihinatnan ng kapahayagan ni Pedro ay kung ang maluwalhating mga bisita ng OT ay mananatili ng sandali pang panahon, sila rin ay mananatili ng mas mahabang panahon!

**9:6** Kapag hindi alam ni Pedro kung ano ang gagawain, siya ay nagsasalita!

**9:7 "alapaap"** Ito ang simbolo ng presensya ni YHWH sa exodo (cf. Exodo 13-14). Ang mga rabbi tinawag na ito "ang *Shekinah* ulap ng Kaluwalhatian," na nangangahulugang si YHWH ay nananahan ng makikita at palagian kasama ang Israel.

▣ **"sa kanila ay lumilim"** Ang terminong ito ay nagpapakilala ng OT kaunawaan ng natatanging ulap ng presensiya ni YHWH sa paglalaan ng lilim (i.e., proteksyon) at gabay sa bayan ng Diyos sa panahon ng Paglalagalag sa Ilang (i.e., 38 years). Ang ulap na ito na muling nagpakita nang tatlong beses ay nauugnay kay Hesus.

1. sa Kaniyang paglalagak sa sinapupunan, si Maria ay nilimliman ng Espiritu (cf. Lucas 1:35)
2. sa Kaniyang bautismo, si Hesus ay ipinakilala ng isang tinig mula sa langit (ang ulap mismo ay di-tiyakang binanggit, cf. Mateo 3:17)
3. sa Pagpapalit-anyo, isang tinig ang narinig (cf. Mateo 17:5; Lucas 9:34)

Ang terminong ito ay ginamit nang dalawang magkaibang pagkakataon sa NT, minsan sa kaugnayan nito sa anino ni Pedro na tumatama sa mga tao at nagdulot sa kanilang kagalingan (cf. Mga Gawa 5:15) at isang tambalan anyo ng termino sa Hebreo 9:5, na tumutukoy sa Kerubin na lumilimlim sa Luklukan ng Kahabagan sa Arko ng kasunduan.

▣ **"isang tinig"** Ito ay alinman sa (1) nauugnay sa pagsasalita ni YHWH sa ulap sa ilang o (2) isang *Bath Kol* (i.e., isang tinig mula sa langit), na paraan ng Diyos sa paghahayag ng kaloob ni YHWH sa panahon ng *intertestamental* yugto noong walang propeta (cf. Marcos 1:11).

▣ **"sinisinta kong Anak"** Ang terminong "anak" sa OT pariralang ito ay ginamit para sa (1) Israel bilang isang kabuuan; (2) ang Hari ng Israel bilang kinatawan ni YHWH; at (3) ang ipinangako, darating na Mesias (cf. Mga Awit 2:7). Ito ang pangalawang panahon na ang Ama ay ipapakilala ang Anak sa natatanging paraaan na ito, sa pamamagitan ng natatanging titulo (cf. Mateo 3:17; 17:5). Tingnan ang mas buong tala sa 1:11 at Natatanging Paksa sa 3:11.

▣ **"siya ay inyong pakinggan"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS, na nagpapakilala ng propesiya sa Deuteronomio 18:15. Ang pangwakas na kapahayagan ng Ama ay dapat tanggapin at sundin (cf. Lucas 6:46).

**9:8** Ang talatang ito ay nagpapahiwatig sa alinman sa (1) karanasang ito na isang pangitain o (2) isang mabilis na pagbabago pabalik sa nakikitang kaharian ay nangyari.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 9:9-13

**[9]At habang nagsisibaba sila sa bundok, ay ipinagbilin niya sa kanila na sa kanino man ay huwag nilang sabihin ang kanilang nakita, maliban na pagka ang Anak ng tao ay magbangong maguli sa mga patay. [10]At kanilang iningatan ang pananalitang ito, na nangagtatanungan sila-sila kung ano ang kahulugan ng pagbabangong maguli sa mga patay. [11]At tinanong nila siya, na sinasabi, Bakit sinasabi ng mga eskriba na kinakailangang pumarito muna si Elias? [12]At sinabi niya sa kanila, Katotohanang si Elias ay pariritong mauna, at isasauli sa dati ang lahat ng mga bagay: at paanong nasusulat ang tungkol sa Anak ng tao, na siya ay maghihirap ng maraming**

**bagay at pawalang halaga? [13]Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, na naparito na si Elias, at ginawa din naman nila sa kaniya ang anomang kanilang inibig, ayon sa nasusulat tungkol sa kaniya.**

**9:9 "ipinagbilin niya sa kanila na sa kanino man ay huwag nilang sabihin ang kanilang nakita, maliban na pagka ang Anak ng tao ay magbangong maguli sa mga patay"** Ito ang tanging pangyayari kung saan isang sangkap ng panahon ang inugnay sa inulit mga babala ni Hesus tungkol sa kanilang pagtahimik (cf. 5:43; 7:36; 8:30). Ang pagtatakdang ito ay nauugnay sa katotohanan na ang ebanghelyo ay hindi kompleto. Sa isang panghinaharap na panahon, an kanilang ala-ala ng pangyayaring ito ay maliwanag na nauunawaan sa liwanag ng lahat mga pangyayari ng ibang ebanghelyo (cf. II Pedro 1:16-18).

**9:10 "nangagtatanungan sila-sila kung ano ang kahulugan ng pagbabangong maguli sa mga patay"** Ang mga alagad ay hindi naunawaan ang pagkakaiba sa pagitan "ang Ikalawang Pagdating" (8:38) at "ang Pagkabuhay" (9:9). Ang mga Hudyo ng panahon ni Hesus ay inaasahang lamang ang isang pagdating ng Mesias sa kasaysayan at ang pagdating na ito ay nauugnay sa panghukbong tagumpay at pangingibabawa ng pambansang Israel sa buong mundo. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Muling Pagkabuhay at 8:31.

**9:11 "ang mga eskriba"** Ang mga ito ay iginagalang sa kulture na mga tagapagpaliwanag ng OT na nagpapakilala ng OT at paano ito maisasabuhay sa kanilang panahon. Sa panahong ito, karamihan ng mga eskriba ay mga Fariseo. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:6.

**9:12-13 "si Elias ay pariritong mauna. . . naparito na si Elias"** Binibigyang-diin ni Hesus na si Juan Bautista ay mayroong natupad na pang-propesiyang tungkulin ni Elias na matatagpuan sa Malakias 3:1 at 4:5. Mayroong maraming pagtalakay tungkol sa ibinigay na tugon ni Hesus. Siya stated tiyakang na Elias ay mayroong already come sa ang ministeryo ng Juan Bautista (cf. Mateo 11:10, 14; Marcos 9:11-13; Lucas 1:17). Gayunman, when ang mga Fariseo asked Juan Bautista, himself, sa ang Ebanghelyo ng Juan (1:20-25) kung siya ay Elias, siya flatly ay itinatanggi ang iyon. Ito seeming contradiction can be tinanganan by ang katotohanan na Juan ay itinatanggi ang na siya ay isang resuscitated Elias, ngunit Hesus ay pinaninindigan ang na Juan symbolically natupad na ang paghahanda ministeryo ng Elias. Sila kapwa nakabihis at kumikilos sa magkatulad na paraan, kaya ang pagpapakilala ay malinaw sa isipan ng mga Hudyo na nalalaman ang tungkol kay Elias at narinig at nakita si Juan Bautista (Lucas 1:17).

**9:12 "maghihirap ng maraming bagay at pawalang halaga"** Ito ay lubhang nakakagulat sa mga Hudyo sa panahon ni Hesus na inaasahan ang isang makapangyarihang tagapagtubos tulad ng mga hukom sa OT at hindi inaasahan ang isang nagdurusang tagapagligtas. Sila ay mayroong nawaglit sa maraming palatandaan ng OT (i.e., Genesis 3:15; Awit 22; Isaias 52:13-53:12; Zacarias 9-14). Mga taong ang lumipas bago ito malaman ng mga alagad; kahit na sila ay hindi lubusang nauwaan hanggang sa natatanging ministeryo ng Espiritu sa Pentecost (cf. Juan 16:13-14) ay naihayag sa iyon sa kanila.

Pansinin na sinusubukan ni Hesus na isama ang labindalawang sa teolohikong pangangatuwiran. Pinilit Niyang makita nila ang kaugnayan sa pagitan dalawang magkaibang mga propesiya. Sila ay hindi opisyal na "mga eskriba," ngunit sa hinaharap, sila ay kailangang gumanap tulad nila.

Ginulat sila ni Hesus na may isang di-inaasahang katuparan na hindi literal, ngunit tipolohiko (i.e., Juan Bautista ay gumaganap bilang katuparan ng darating na Elias at maghahanda ng daan para sa Mesias).

Kinuha ni Hesus ang bawat pribadong pagkakataon upang turuan ang Kaniyang mga alagad. Kahit na daan pababa ng bundok, Siya ay nagdadala ng isang kaugnay na isyu (i.e., propesiya ni Malakias tungkol kay Elias). Ang pagkuhang ito ng bawat pagkakataon para sa pang-relihiyong pagsasanay ay ipinakilala sa Deuteronomio 6:7 at 11:19.

**9:13 "ayon sa nasusulat tungkol sa kaniya"** Si Elias na mayroong pag-uusig mula kay Jezebel (cf. I Mga Hari 19:2,10,14) ay gayundin kay Juan mula kay Herodias.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 9:14-29

**[14]At pagdating nila sa mga alagad, ay nakita nilang nasa kanilang palibotlibot ang lubhang maraming mga tao, at ang mga eskriba ay nangakikipagtalo sa kanila. [15]At pagdaka ay ang buong karamihan, pagkakita nila sa kaniya, ay nangagtakang mainam, at tinakbo siya na siya ay binati. [16]At tinanong niya sila, Ano ang ipinakikipagtalo ninyo sa kanila? [17]At isa sa karamihan ay sumagot sa kaniya, Guro, dinala ko sa iyo ang aking anak na lalake na may isang espiritung pipi; [18]At saan man siya alihan nito, ay ibinubuwal siya: at nagbubula ang kaniyang bibig, at nagngangalit ang mga ngipin, at untiunting natutuyo: at sinabi ko sa iyong mga alagad na siya ay palabasin; at hindi nila magawa. [19]At sumagot siya sa kanila at nagsabi, Oh lahing walang pananampalataya, hanggang kailan makikisama ako sa inyo? hanggang kailan titiisin ko kayo? dalhin ninyo siya rito sa akin. [20]At dinala nila siya sa kaniya: at pagkakita niya sa kaniya, ay pagdaka ay pinapangatal siyang lubha ng espiritu; at siya ay nalugmok sa lupa, at nagpagulonggulong na bumubula ang kaniyang bibig. [21]At tinanong niya ang kaniyang ama, Kailan pang panahon nangyayari sa kaniya ito? At sinabi niya, Mula sa pagkabata. [22]At madalas na siya ay inihahagis sa apoy at sa tubig, upang siya ay patayin: datapuwat kung mayroon kang magagawang anomang bagay,**

**ay maawa ka sa amin, at tulungan mo kami. [23]At sinabi sa kaniya ni Hesus, Kung kaya mo! Ang lahat ng mga bagay ay may pangyayari sa kaniya na nananampalataya. [24]Pagdaka'y sumigaw ang ama ng bata, at sinabi, Nananampalataya ako; tulungan mo ang kakulangan ko ng pananampalataya. [25]At nang makita ni Hesus na dumaragsang tumatakbo ang karamihan, ay pinagwikaan niya ang karumaldumal na espiritu, na sinasabi sa kaniya, Ikaw bingi at piping espiritu, iniuutos ko sa iyo na lumabas ka sa kaniya, at huwag ka nang pumasok na muli sa kaniya. [26]At nang makapagsisisigaw, at nang siya ay mapangatal na mainam, ay lumabas siya: at ang bata'y naging anyong patay; ano pa't marami ang nagsabi, Siya'y patay. [27]Datapuwa't hinawakan siya ni Hesus sa kamay, at siya ay ibinangon; at siya ay nagtindig. [28]At nang pumasok siya sa bahay, ay tinanong siya ng lihim ng kaniyang mga alagad, Paano ito na siya ay hindi namin napalabas? [29]At sinabi niya sa kanila, Ang ganito ay hindi mapalalabas ng anoman, maliban sa pamamagitan ng panalangin.**

**9:14 "pagdating nila sa mga alagad"** Iniwan ni Hesus ang mga natirang alagad sa paanan ng bundok. Ang Lucas 9:37 ay nagsasabing sila bumalik nang sumunod na araw.

▣ **"ang lubhang maraming mga tao. . . mga eskriba ay nangakikipagtalo"** Kapwa ang mga bagay na ito ay nagpapakilala sa ministeryo ni Hesus at ngayon ang mga alagad ay nakakaranas ng isang pagpapauna ng umiiral na kalagayan ni Hesus at gayundin ang kanilang darating na ministeryo. Ang mga ito ay inuulit na mga suliranin, ngunit pagkakataon din naman.

**9:15 "pagdaka"** Tingnan ang tala sa 1:10.

▣ **"sila ay nangagtakang mainam"** Ang ilang nakikita ang pagkamanghang ito na tumutukoy sa mukha ni Hesus na patuloy na kumikinang na nauugnay sa Exodo 34:29-30, ngunit ang konteksto ay tila nagpapahiwatig na ang anyo ni Hesus ay dumating sa isang di-iniasahang pagkakataon para sa ministeryo at katuruan.

▣

**NASB** **"tinakbo siya na siya'y binati"**
**NKJV** **"tumakbao sa *Kaniya*, at binati siya"**
**NRSV** **"sila ay tumakbo upang batiin siya"**
**TEV** **"tumakbo papunta sa kaniya at bumati"**
**NJB** **"tumakbo upang magbigay-pugay"**

Ito ay isang DI-GANAP NA panahunan, na maaaring mangahulugang (1) ang pagsisimula ng isang pagkilos (cf. NASB) o (2) isang inulit na pagkilos sa nakalipas na panahon. Ang karamihan ng tao ay natutuwang makita si Hesus at bawat isa ay tumatakbo para batiin Siya.

**9:16 "Ano ang ipinakikipagtalo ninyo sa kanila"** Ipinahayag ni Hesus ang tanong na ito sa karamihan ng tao. Ang mga eskriba ay walang pagmamalasakit binata, ngunit sa teolohikong aspeto ng kawalang kakayahan ng alagad na makaapekto sa paggaling.

**9:17 "na may isang espiritu"** Ang mga Ebanghelyo ay gumawa ng isang maliwanag na pagkakaiba sa pagitan pagsanib ng demonyo at pisikal na sakit. Sa partikular na lagay na ito, mayroong tila malabong pagkakaiba dito. Ang mga sintomas na inilarawan ng ama at ang implikasyon ng maraming Griyegong mga salita sa teksto ay nagpapahiwatig na epilepsiya, lalo na sa isang *grand mal seizures*. Ang pisikal na sangkap ay pinalala o sinulsulan ng pagsanib ng demonyo. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Demonyo (Masamang Espiritu) sa 1:23.

**9:18 "untiunting natutuyo"** Ito ay isang paglalarawan ng isang *grand mal seizure*.

▣ **"sinabi ko sa iyong mga alagad na siya'y palabasin; at hindi nila magawa"** Ang mga alagad ay nagulat din. Pinagkalooban sila ni Hesus ng kapangyarihan sa demonyo sa 6:7,13, ngunit sa pagkakataong ito ay nabigo ang kanilang pagtatangka!

**9:19** Hesus ay gumagamit dalawang retorikong mga tanong sa v. 19 na inihayag sa Kaniyang pagkadismaya sa kakulangan ng pananampalataya ng mga alagad, ang karamihan ng tao, at mga eskriba.

**9:20 "pagkakita niya sa kaniya, ay pagdaka'y pinapangatal siyang lubha ng espiritu"** Ang pagsanib ng demonyo ay nahahayag mismo sa epilepsya.

**9:21** Mayroong maraming mga tala sa mga Ebanghelyo ng pagsanib ng demonyo sa mga anak. Paano at bakit ito nangyari ay hindi binanggit.

**9:22** Ang mapangwasak na kalikasan ng demonyo ay maliwanag na makikita sa paglalarawan ng ama sa buhay ng batang ito.

▣ **"patayin"** Tingnan ang Natatanging Paksa: *Apollumi* sa 3:6.

▣ **"kung"** Ito ay isang UNANG URING MAY PASUBALI NA PANGUNGUSAP na ipinagpapalagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda o para sa kaniyang pampanitikang mga layunin. Ito ay ang pagpapatibay ng ama ng pananampalataya sa kakayahan ni Hesus na magpagaling.

▣ **"'maawa ka sa amin, at tulungan mo kami'"** Ang amang ito ay mayroong pananampalataya kay Hesus kahit na nabigo ang Kaniyang mga alagad na palayain ang kaniyang anak.

Sa *Word Studies of the New Testament*, tomo 1. p. 113, si M. R. Vincent ay gumawa ng punto na ang amang ito ay lubusang nakikilala sa mga suliranin ng kaniyang anak, gayundin ang *Syro-Phoenician* na babae sa kaniyang anak na babae (cf. Mateo 15:22).

**9:23 "'Kung kaya mo'"** Ito ay isang inulit na kapahayagan ng lalaki sa v. 22. Iyon ay isa pang UNANG URING MAY PASUBALI NA PANGUNGUSAP. Ang taong ito pinaninindigan ang kakayahan ni Hesus; ngayon sinusubok ni Hesus ang kaniyang pananampalataya.

▣ **"'Ang lahat ng mga bagay ay may pangyayari sa kaniya na nananampalataya'"** Ito ay hindi isang blankong tseke para sa sangkatauhan, kahit na sa nananampalatayang sangkatauhan, upang pakilusin ang Diyos, ngunit isang pangako na gagawin ng Diyos ang Kaniyang kalooban sa pamamagitan ng nananampalatayang pananampalataya (see Gordon Fee, *The Disease of the Health and Wealth Gospels*). Mayroong dalawang pasubali: (1) kalooban ng Diyos at (2) nananampalatayang pananampalataya! Tingnan ang Natatanging Paksa: Mabisang Panalangin sa 11:23.

**9:24 "'Nananampalataya ako; tulungan mo ang kakulangan ko ng pananampalataya'"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS. Tandaang ang layon ng pananampalataya, hindi ang dami, ang napakahalaga (cf. Mateo 17:20; Lucas 17:6). Pansinin na si Hesus ay gumagawa sa pagduruda ng taong ito, na ginawa Niya sa atin.

Si Hesus ay nakikitungo sa pananampalataya ng Ama, hindi sa batang lalaki, dahil siya au sinanibang nang demonyo simula pa nang siya ay bata. Ang isa ay nagtataka kung ang isa sa mga dahilan na hindi makapagpalayas ng demonyo ang mga alagad ay ang kawalang ng pananampalataya sa kanila. Hesus ay kadalasang ay nakatuon sa pananampalataya ng magulang o kaibigan na nakakaapekto sa mga pagpapagaling at mga pagpapalaya. Ito ang mga salita ng ama na umaamin na ang kaniyang pangangailangan at nakikiusap na tulungan ni Hesus na maragdagan ang kaniyang pananampalataya. Ito ay isang panalangin na dapat nating lahat ipinalangin!

Ang Textus Receptus ay nagdaragdag ng *kurie* (i.e., ang VOCATIVE ng Panginoon), na maaaring isang pagdaragdag ng mga eksriba upang ipakita ang pananampalataya ng ama sa pamamagitan ng paghahayag kay Hesus bilang Panginoon, ngunit ang karagdagang ito ay hindi makikita sa makabagong saling Ingles maliban sa KJV at NKJV.

**9:25 "dumaragsang tumatakbo ang karamihan"** Iyon ay di-tiyak kung paano ito ay inuugnay sa pagpapalayas ng demonyo. Iyon ay kasalungat ng Lihim ng Mesias na matatagpuan nang lubhang kadalasang sa Marcos. Ipinapamalas ni Hesus ang Kaniyang kapangyarihan at awtoridad sa isang kalagayan na hindi mapapangasiwaan ng mga alagad. Ang pagpipilit at pag-uusisa ng karamihan ng tao ay palaging isang suliranin, ngunit isa ring pagkakataon. Ito ay maaaring katulad na karamihan ng tao sa vv. 14-15 o isang malaking bilang ng mga bagong dating.

▣ **"'Ikaw bingi at piping espiritu'"** Tila ito ay isa pang aspeto pisikal na mga suliranin ng batang lalaki (cf. v. 17) na nuugnay sa pagsanib ng demonyo.

▣ **"'umabas ka sa kaniya, at huwag ka nang pumasok na muli sa kaniya'"** Ito ay isang AORIST TAHAS NA PAUTOS at isang AORIST TAHAS NA PASAKALI na nangahulugang "lumayas ka at huwag ka nang babalik muli."

**9:26** Ang pisikal na mga pagpapakita na kaalinsabay ng pag-alis ng mga demonyo ay karaniwang sa mga pagpapalayas ng demonyo sa NT.

▣ **"ang bata ay naging anyong patay"** Ito ay isa pang sintumas ng isang *grand mal seizure*.

**9:27 "hinawakan siya ni Hesus sa kamay, at siya'y ibinangon"** Ang pamamaraang ito ay nagpapakita ng malasakit at pagkahabag ni Hesus (cf. 1:31; 5:41). Siya ay hindi natatakot na hipuin ang maysakit at nasaniban ng masamang espiritu!

**9:28 "'Paano ito na siya ay hindi namin napalabas'"** Sila ay nagulat! Bago ito, sila ay nakapagpalayas ng mga demonyo; bakit hindi ngayon? Ang Mateo 17:20 ay nagsasabing iyon ay dahil sa kaliitan ng kanilang pananampalataya.

**9:29 "Ang ganito ay hindi mapalalabas ng anoman, maliban sa pamamagitan ng panalangin"** Maraming ibang

Griyegong mga kasulatan ay idinagdag ang "at pag-aayuno." Gayunman, ito sa hindi matatagpuan sa א o B, o sa Griyegong kasulatan na ginamit ni Clemente. Ang pagdaragdag ng parirala ay lubhang sinauna at malaganap, maaaring dahil sa pagkahilig ng sinaunang iglesiya sa Judaismo sa dakong ito. Iyon ay isinama sa MSS $P^{45}$, $א^2$, A, C, D, K, L, W, X, at ang Diatessaron. Tingnan ang Natatanging Paksa sa Pag-aayuno sa2:18-20. Ang $UBS^4$ ay binibigyan ang mas maiksing pagbasa ng isang "A" na antas (certain).

Sa teolohiya, ang talang ito ay nagpapahiwatig na mayroong magkaibang uri ng mga demonyo na nangangailangan ng magkaibang pamamaraan. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:25.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 9:30-32

**30At nagsialis sila roon, at nangagdaan sa Galilea; at ayaw siyang sinomang tao'y makaalam niyaon.
31Sapagkat tinuruan niya ang kaniyang mga alagad, at sa kanila'y sinabi, Ibibigay ang Anak ng tao sa mga kamay ng mga tao, at siya ay papatayin nila; at pagkapatay sa kaniya, ay siyang magbabangong muli pagkaraan ng ikatlong araw. 32Nguni't hindi nila naunawa ang sabing ito, at nangatakot silang magsipagtanong sa kaniya.**

**9:30 "nangagdaan sa Galilea"** Ito ay nagpapatulay na kalagayan sa paglisan sa Bundok ng Pagpapalit-anyo at pagpunta sa timog sa pamamagitan ng Galilea. Nais ni Hesus na personal na magsalita sa mas maraming tao hangga't maaari.

▣ **"ayaw siyang sinomang tao'y makaalam niyaon"** Ito ay isa pang aspeto ng pagnanais ni Hesus na hindi makilala bilang isang manggagamot o manggagawa ng himala dahil ang karamihan ng tao ay naghahanap ng pisikal na tulong na gagawin nitong imposible sa Kaniya magturo at mangaral.

**9:31 "Anak ng Tao"** Tingnan ang tala sa 8:38c.

▣ **"ibibigay"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG. Ang termino ay nangangahulugang "ipagkaloob sa mga awtoridad." Ito ang ikatlong pagkakataon maliwanag na naihayag ni Hesus sa mga alagad ang mangyayari sa Herusalem (cf. 8:31; 9:12).

▣ **"'siyang magbabangong muli'"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa 8:31.

▣ **"tatlong araw"** Sa Hudyong pagtatala ng panahon, iyon ay maaaring halos 30-38 na oras (i.e., isang maikling panahon ng Biyernes bago magtakipsilim, lahat sa Sabado, at bahagi ng Linggo bago magbubukang-liwayway). Ang yugto ng panahong ito ay nauugnay sa karanasan ni Jonas nang maraming beses (cf. Mateo 12:39-40; 16:3; Lucas 11:29-32).

**9:32 "hindi nila naunawa"** Ito ay isang inuulit na paksa sa mga Sinoptikong Ebanghelyo. Ang Ebanghelyo ni Lucas ay maliwanag na nagpapahayag ng kalagayan.

1. hindi naunwaan ng mga alagad (2:50; 9:45; 18:34)
2. naunawaan dapat nila dahil ipinaliwanag ng mga salita ni Hesus para sa kanila (8:10)
3. binuksan ni Hesus ang isipan ng mga alagad (24:45)

Sila ay bulang gaya ng mga karamihan ng tao hanggang ang mga salita ni Hesus at ang inspirasyon ng Espiritu ang nagbukas ng kanilang saradong mga isipan at mga puso sa katotohanan ng bagong kasunduan. Ang nalugmok na kaisipan ng tao ay hindi makakaunaw maliban na tulungan ng Espiritu at kahit na iyon ay isang mabagal na lumalagong proseso mula sa kaligtasan hanggang pagpapaging-banal.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 9:33-37

**33At sila ay nagsidating sa Capernaum: at nang siya ay nasa bahay na ay tinanong niya sila, Ano ang pinagkakatuwiranan ninyo sa daan? 34Datapuwa't hindi sila nagsiimik: sapagkat sila-sila ay nangagtalo sa daan, kung sino ang pinakadakila. 35At siya ay naupo, at tinawag ang labingdalawa; at sa kanila'y sinabi niya, Kung sinoman ang ibig na maging una, ay siyang mahuhuli sa lahat, at lingkod ng lahat. 36At kinuha niya ang isang maliit na bata, at inilagay sa gitna nila: at siya ay kaniyang kinalong, na sa kanila'y sinabi niya, 37Ang sinomang tumanggap sa isa sa mga ganitong maliliit na bata sa aking pangalan, ay ako ang tinatanggap: at ang sinomang tumanggap sa akin, ay hindi ako ang tinatanggap, kundi yaong sa aki'y nagsugo.**

**9:33 "Capernaum"** Ang bayang ito, ang bayang sinilangan nina Pedro at Andres, ang naging punong-himpilan ni Hesus matapos ang kawalang-pananampalataya ng Nazareth.

▣ **"nang siya ay nasa bahay"** Ito ay maaaring tahanan ni Pedro (cf. 1:29) o isang inupahang bahay na ginamit ni Hesus.

▣ **"Ano ang pinagkakatuwiranan ninyo sa daan"** Sila ay nagtatalo, hindi lamang nag-uusap. Sinabi Niya sa kanila

ang Kaniyang kamatayan (tatlong na beses) at ninanais nilang malaman kung sino sa kanila ang papalit sa Kaniyang lugar bilang pinuno (cf. Mateo 18:1-18; Lucas 9:46-48; 22:24).

**9:34 "pinakadakila"** Ito ay nagpapakita ng panibugho ng ibang mga pangkat ng mga alagad laban sa panloob na pangkat nina Pedro, Santiago, at Juan. Iyon ay maaari ding nagpapakilala ng kanilang Hudyong konsepto ng isang makabayang pang-mundong kaharian.

**9:35 "naupo"** Ito ay nagpapakilala ng isang pagpupulong ng opisyal na katuruan (cf. 4:1; 9:35; Mateo 5:1; Lucas 4:20).

▣ **"Kung sinoman ang ibig na maging una"** Ito ay isang UNANG URING MAY PASUBALI NA PANGUNGUSAP, na ipinagpapalagay na totoo mula sa panana2 ng may-akda. Hindi hinahatulan ni Hesus ang ambisyon, ngunit bigyang kahulugan iyon sa mga termino ng ang bagong etika ng Kaharian ng Diyos. Ang kadakilaan ay nauugay sa paglilingkod (cf.10:31,45; Mateo 20:26; 19:30; Juan 13:5), hindi pamamahala o kapangyarihan! Ang Kaharian ng Diyos ay lubhang naiiba mula sa mga pantaong lipunan.

Ang mga salitang ito ay isang mabuting halimbawa kung paano inulit ni Hesus ang Kaniyang mga katuruan sa magkaibang mga tagpuan at sa magkaibang pagkakataon (cf. 10:43-44; Mateo 23:11; Lucas 22:24-25).

▣ **"lingkod"** Si Hesus ay nagsasalita ng Aramaiko. Ang kasabihang ito (i.e., vv. 35-37) ay maaaring isang paglalaro ng salita sa Aramaikong salitang *talya*, na nangangahulugang kapwa "bata" at "lingkod."

**9:36 "kinuha niya ang isang maliit na bata"** Mateo 18:1-18, Lucas 9:46-49, at dito ay maliwanag na nagpapakita na tinutukoy ni Hesus ang tungkol sa bagong mga mananampalataya, hindi mga anak.

▣ **"siya ay kaniyang kinalong"** Ito ay isa pang saksing detalye ni Pedro. Iyon ay maaaring bahay ni Pedro at anak ni Pedro!

**9:37 "'Ang sinomang tumanggap sa isa sa mga ganitong maliliit na bata sa aking pangalan'"** "Sa Aking Pangalan" ay nangangahulugang "sa katangian ni Hesus." Walang mahika sa pag-uulit ng tiyak na mga salita. Ang kapangyarihan ay nagmumula sa pagkakilala kay Hesus at pagtutulad sa Kaniyang mga gawa. Ang ating pagtugon ng pag-ibig sa iba dahil tayo ay mga tagasunod ni Hesus ay isang paraan ng paghahayag ng ating pag-ibig para sa Kaniya (cf. Mateo 25:31-45).

Mula sa Mga Gawa 19:13-16 nalalaman natin na Hudyong nagpapalayas ng demonyo ay ginamit ang pangalan ni Hesus, ngunit mayroong nakakagulat na mga bunga. Mula sa Mateo 7:21-23 nalalaman natin na ang personal na kaugnayan kay Kristo ay napakahalaga, hindi walang galang o kahit na inulit na pagbabanggit ng pangalan.

▣ **"'at ang sinomang tumanggap sa akin, ay hindi ako ang tinatanggap, kundi yaong sa akin ay nagsugo'"** Si Hesus, sa katangian, ay pinaninindigan ang mataas na kalagayan ng ang Ama. Ito ay inuulit na naitala sa Ebanghelyo ni Juan. Ang pagpapasako na ito sa Ama ay hindi isang di-pagkakapantay-pantay, ngunit gumaganap sa loob ng ang Trinidad.

## NATATANGING PAKSA: SINUGO (*APOSTELLŌ*) (SEND (*APOSTELLŌ*))

Ito ay karaniwang Griyegong salita para sa "ipinadala" (i.e., *apostellō*) Ang salitang ito ay mayroong ilang mga teolohikong pagkakagamit.

1. Sa klasikong Griyego at mga rabi ang terminong ito ay ginagamit bilang isang tinawag at ipinadala na opisyal na kinatawan ng iba, isang bagay gaya ng sa ating Ingles na "embahador" (cf. II taga-Corinto 5:20)
2. ang mga Ebanghelyo ay kadalasang ginagamit itong salita ni Hesus na ipinadala ng Ama. Sa Juan ang salita ay kumukuha ng pag-Mesias na pakahulugan (cf. Mateo 10:40; 15:24; Marcos 9:37; Lucas 9:48 at lalo na sa Juan 4:34; 5:24,30,36,37,38; 6:29,38,39,40,57; 7:29; 8:42; 10:36; 11:42; 17:3,8,18,21,23,25; 20:21). Ito ay ginamit sa pagsusugo ni Hesus ng mga mananampalataya (cf. Juan 17:18; 20:21 [kapwa "*apotellō* at ang kasingkahulugang "*pempō*" sa John 20:21]).
3. ang NT ay ginamit ang PANGNGALAN para sa mga alagad
    a. ang orihinal na labindalawang pangloob na pangkat ng mga alagad (cf. Lucas 6:13; Mga Gawa 1:21-22)
    b. isang natatanging pangkat ng mga tumutulong sa Apostol at mga kasama
        (1) si Bernabe (cf. Mga Gawa 14:4,14)
        (2) sina Andronico at Junias (KJV, Junia, cf. taga-Roma 16:7)
        (3) si Apolos (cf. I taga-Corinto 4:6-9)
        (4) si Santiago ang kapatid na lalaki ng Panginoon (cf. taga-Galacia 1:19)
        (5) sina Silvano at Timoteo (cf. I taga-Thesalonica 2:6)
        (6) maaaring si Tito (cf. II taga-Corinto 8:23)
        (7) maaaring si Epaphrodito (cf. taga-Filipos 2:25)
    c. isang nagpapatuloy na kaloob sa iglesiya (cf. I taga-Corinto 12:28-29; taga-Efeso 4:11)

4. Si Pablo ay gumagamit ng ganitong katawagan (o titulo) sa sa kanyang sarili sa halos lahat ng kanyang mga sulat na isang paraan ng pagpapahayag ng kanyang kapamahalaan (awtoridad) na ipinagkaloob ng Diyos bilang kinatawan ni Kristo (cf. taga-Roma 1:1; I taga-Corinto 1:1; II taga-Corinto 1:1; taga-Galacia 1:1; taga-Efeso 1:1; taga-Colosas 1:1; I Timoteo 1:1; II Timoteo 1:1; Tito 1:1).
5. Ang suliranin na ating kinahaharap bilang mga makabagong mananampalataya ay ang NT ay hindi tinakda ang kinapapalooban ng nagpapatuloy na kaloob na ito o paano ito makikita sa mga mananampalataya. Maliwanag na kailangang makita ang kaibahan sa pagitan ng orihinal ng Labindalawa (#3a) and ang kinalaunang paggamit (#3b). Tingnan ang Natatanging Paksa: Inspirasyon at Natatanging Paksa: Iluminasyon. Kung ang mga makabagong "mga apostol" ay hindi kinasihan upang magsulat ng marami pang Kasulatan (i.e., ang kanon ay sarado na, cf. Hudas v. 3; tingnan ang Natatanging Paksa: Kanon), ano ngayon ang ginagawa nila na naiiba sa mga propeta ng NT o mga ebanghelista (cf. taga-Efeso 4:11)? Nandito ang aking mga pagtaya:
   a. mga nagsimula ng pang-misyong iglesia sa lugar na wala pang ebanghelyo (ginagamit ang ganito sa *Didache*)
   b. mga pinuno ng mga pastor sa isang lugar o denominasyon
   c. ?

Gusto ko ang #1.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 9:38-41

**[38]Sinabi sa kaniya ni Juan, Guro, nakita namin ang isa na sa pangalan mo'y nagpapalabas ng mga demonyo; at pinagbawalan namin siya, sapagkat hindi sumusunod sa atin. [39]Datapuwa't sinabi ni Hesus, Huwag ninyong pagbawalan siya: sapagkat walang taong gumagawa ng makapangyarihang gawa sa pangalan ko, na pagdaka ay makapagsasalita ng masama tungkol sa akin. [40]Sapagkat ang hindi laban sa atin ay sumasa atin. [41]Sapagkat ang sinomang magpainom sa inyo ng isang sarong tubig, dahil sa kayo ay kay Kristo, katotohanang sinasabi ko sa inyo, na hindi mawawala sa anomang paraan ang ganti sa kaniya.**

**9:38 "at pinagbawalan namin siya, sapagka't hindi sumusunod sa atin"** Mayroong maraming mga pagkakaiba sa mga Griyegong kasulatan. Ang talatang ito ay mahirap maipaliwanag. Idinulot nito ang mga sinaunang eskriba na baguhin iyon. Ang pagbasa na tinatanggap ng pinakamakabagong saling Ingless (sinusundan ang UBS[4]) ay matatagpuan sa MSS א at B at ang Syriac na saling tradisyon.

**9:39 "'Huwag ninyong pagbawalan siya'"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PAUTOS na may isang SALUNGAT NA KATAGA, na kadalasang nagpapahiwatig ng paghinto ng isang pagkilos na nagpapatuloy.

**9:40 "Sapagkat ang hindi laban sa atin ay sumasa atin"** Kadalasang ginagamit ni Hesus ang pangkulturang mga kawikaan sa Kaniyang katuruan (cf. 2:17,21,22; 3:27; 4:21,22,25; 7:15; 8:35,36,37; 9:40,50; 10:25,27,31,43-44). Ihambing ito sa Mateo 12:30 at Lucas 11:23.

Mayroong isang nakakawiling pagtalakay na tila magkasalungat sa pagitan ng Marcos 9:40 at Lucas 11:23 sa *Hard Sayings of the Bible* na inilimbag ng IVP, pp. 466-467. Ang aklat na ito ay isang nakatutulong na sanggunian ng mga kilalang ebandyelikong iskolar. Kanilang binibigyang-diin ang kontekstwal na mga kalagayan ng mga sanggunian ang nagtatanggal ng tila pagkakaiba.

**9:41** Tingnan ang kaagapay ng mga talatang ito sa Mateo 10:42; 25:40. Mayroong isang maliwanag na pagkakaiba sa pagitan vv. 38-41 at vv. 42-48. Siling hindi opisyal ang kaugnayan kay Hesus ay pinaninindigan ang kanilang mabuting mga gawa, ngunit silang nakakakilala sa Kaniya ay binalaan sa malakas na mga talinghaga tungkol sa kanilang pananagutan sa mga bagong mananampalataya. Ang nakakagulat kabalintunaang ito ay naglalarawan ng katotohanan ng vv. 33-37.

Ang talata ding ito ay binabanggit ang mga gantimpala ng kaharian para sa kanilang matapat na naglilingkod (cf. 9:41; 10:21,28-31 at maraming na beses sa Pangangaral sa Bundok ni Hesus sa Mateo 5:12,46; 6:5-6,16-18,19-21). Iyon ay mahirap timbangin ang isang walang-bayad na kaligtasan batay sa natapos na gawain ng Kristo at mga pangkasunduang pananagutan ng mga mananampalataya na maipamuhay ang kanilang pananampalataya.

Mahirap din timbangin ang konsepto sa NT ng antas ng mga gantimpala at kaparusahan (cf. Mateo 10:45; 11:22; 18:6; 25:21,23; Marcos 12:40; Lucas 12:47-48; 20:47). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 12:40.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 9:42-48

**[42]At ang sinomang magbigay ng ikatitisod sa maliliit na ito na sumasampalataya sa akin, ay mabuti pa sa kaniya kung bitinan ang kaniyang leeg ng isang malaking gilingang bato, at siya ay ibulid sa dagat. [43]At kung ang kamay mo ay makapagpapatisod sa iyo, ay putulin mo: mabuti pa sa iyo ang pumasok sa buhay na pingkaw, kay sa may dalawang kamay kang mapasa impierno, sa apoy na hindi mapapatay. [44]Na doon ay hindi namamatay ang kanilang uod, at hindi namamatay ang apoy. [45]At kung ang paa mo'y makapagpapatisod sa iyo, ay putulin mo:**

**mabuti pa sa iyo ang pumasok kang pilay sa buhay kay sa may dalawang paa kang mabulid sa impierno. [46]Na doon ay hindi namamatay ang kanilang uod, at hindi namamatay ang apoy. [47]At kung ang mata mo'y makapagpapatisod sa iyo, ay dukitin mo: mabuti pa sa iyo ang pumasok sa kaharian ng Diyos na may isang mata, kay sa may dalawang mata kang mabulid sa impierno; [48]Na doon ay hindi namamatay ang kanilang uod, at hindi namamatay ang apoy.**

**9:42 "'ang sinomang magbigay ng ikatitisod sa maliliit na ito'"** Ito ay tumutukoy sa teolohiya sa mga bagong mananampalataya. Gayunman, mayroong maaaring isang kontekstwal na kaugnayan sa araling tinuro lamang mula sa sinanibang batang lalaki. Iniibig ng Diyos ang mga anak at hindi Niya nais ang sinuman na apihin sila.

▣ **"'na sumasampalataya'"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA KATAGA, na nagbibigay-diin sa nagpapatuloy na paniniwala.

Ang ilang sinaunang Griyegong mga kasulatan ay idinagdag ang "sa Akin" (cf. MSS A, B, $C^2$, L, W, at ang Vulgata, Syriac, at Koptikong mga salin). Ito ay tila isang pagdaragdag ng mga eskriba mula sa kaagapay sa Mateo 18:6 dahil ang mga salitang ito ay hindi makikita sa MSS א at C. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:15.

▣ **"'ikakatisod'"** Ito sa literal ay ginamit ng isang pinaing pansilo ng hayop.

▣ **"'kung'"** Ito ay isang UNANG URING MAY PASUBALI NA PANGUNGUSAP. Ito ay isang malakas na babala sa mga Kristiyanong pinuno. Ang Dakilang Pastol ay nangangalaga sa lahat ng mga tupa, lalo na sa mga bago at mahihina, kaya dapat ay sila rin!

Ito ay isang eksaherasyon (cf. Mateo 5:29,30,38-46; 6:2-4; 7:3-5; 23:23-24; 10:24-25). Si Hesus ay nagpapahayag sa matalinghagang wika ng walang hanggang kahatulan. Ang Silanganing mga pagmamalabis ng salita ay nakapagpalito sa mga kanlurang mananampalataya sa mga dumating na salin-lahi. Ang ating pag-ibig sa Bibliya at ating pagnanais na sumunod kay Hesus ay nagdulot sa mga kanlurang mananampalataya na makaligtaan ang mga silanganing *genre* at mga talinghaga ng ang Bibliya.

▣ **"'isang malaking gilingang bato'"** Ito ay tumutukoy sa ang pabilog na itaas na bahagi ng isang malaking gilingang-bato na pinapaandar ng mga hayop. Ito ay ng isa pang Silanganing labis na kapahayagan, ginamit upang patingkarin ang Kaniyang mensahe.

▣ **"'ibulid sa dagat'"** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG, na ay nagpapakilala ng isang palagiang kalagayan. Ito ay isang makapangyarihang talinghaga ng kahatulan. Dahil sila ay mga taong disyerto, ang mga Hudyo ay takot sa tubig.

**9:43-47** Ito ay matalinghagang (i.e., hayperboliko) wika, ngunit iyon ay nagpapakita ang radikal na pangako na hinihingi ni Hesus (cf. Robert H. Stein, *The Method and Message of Jesus' Teachings,* pp. 8-11).

Ang mga talata ay isang mabuting halimbawa ng Hebreong patulang, magkasingkahulugan pagkakaagapay, na lubhang karaniwang sa OT (cf. Marcos 2:21-22; 3:4,24- 25,28; 4:22,30; 8:17,18; 9:43-47; 10:38,43-44; 13:24-25). Ang ilang mga halimbawa sa Marcos ng antitetikong pagkakaagapay ay 2:19-20; 3:28- 19; 4:25; 7:8,15; 8:35 (cf. Stein, pp. 27-29).

**9:43 "Kung"** Ito ay isang PANGATLONG URING MAY PASUBALI NA PANGUNGUSAP, na nagpapahayag ng maaaring pagkilos.

▣ **"'pumasok sa buhay'"** Mayroong dalawang mga salita para sa buhay sa NT: (1) *bios* (i.e., pang-mundong buhay) at (2) *zoē* (i.e., espiritwal na buhay). Ipinahayag ni Hesus ang tungkol sa pagpasok sa espiritwal na kaharian (i.e., walang hanggang buhay). Ito ay kaagapay ng pariralang "ang Kaharian ng Diyos" sa v. 47. Ang mga mananampalataya ay maaaring pumasok sa kaharian ngayon at, sa ilang kaunawaan, kahit na ang maranasan ang langit ngayon (cf. taga-Efeso 2:5-6).

Mayroong maraming paraan na inlalarawan ito sa NT.

1. ang mundo na darating, walang hanggang buhay (Marcos 10:17,30)
2. maliligtas. . .mawawala ang buhay (Marcos 8:35; Mateo 10:39; Lucas 17:33)
3. pumasok buhay (Marcos 9:43; Mateo 25:46)
4. pumasok sa kagalakan ng Panginoon (Mateo 25:21,23)

▣ **"'impyerno'"** Ito ay *Gehenna* (cf. Jeremias 7:31). Ito ay lugar ng pagsamba sa pagpapayabong na diyos ng apoy ng Phoenicia, si Molech, sa lambak ng mga anak ng Hinnom, timog lamang ng Herusalem. Dito inaalay ang mga panganay na anak sa pagpapayabong na diyos ng Cananeo (cf. Levitico 18:21; 20:2-5; Deuteronomio 12:31; 18:10; II Mga Hari 21:6; II Cronica 28:3; 33:6; Jeremias 2:23; 7:32; 32:35). Ang mga Hudyo ay lubhang napapahiya sa pagsamba ng kanilang ninuno sa diyus-diyosan kaya ginawa nila itong lugar ng tambakan ng basura ng Herusalem. Ang mga talinghaga ni Hesus para sa walang hanggang paghihiwalay mula sa pag-ibig ng Ama (apoy, uod, baho) ay kinuha mula sa tambakan ng

basurang ito.

Ang terminong ito ay ginamit ni Hesus nang maraming na beses, ngunit minsan lamang sa ibang may-akda ng NT (Santiago 3:6). Ang impyerno ay isang biblikal na katotohanan gayan ng langit (cf. Mateo 25:46). Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba, II., B.

## NATATANGING PAKSA: NASAAN ANG MGA PATAY? (WHERE ARE THE DEAD?)

I. Lumang Tipan
   A. Ang lahat ng tao ay mapupunta sa *Sheol* (ang etimolohiya ay hindi tiyak, BDB 1066), na ito ay isang paraan upang tukuyin ang kamatayan o ang libingan, na madalas sa mga Karunungang Panitikan at Isaias. Sa OT ito ay isang maanino, may kamalayan, ngunit walang kaligayahang pag-iral (cf. Job 10:21-22; 38:17).
   B. Katangian ng *Sheol*
      1. inuugnay sa kahatulan ng Diyos (apoy), Deuteronomio 32:22
      2. isang bilangguan na may mga pasukan, Job 38:17; Mga Awit 9:13; 107:18
      3. isang lupain na wala nang balikan, Job 7:9 (isang titulong Akkadiano para sa kamatayan)
      4. isang lupain/nasasakupan ng kadiliman, Job 10:21-22; 17:13; 18:18
      5. isang lugar ng katahimikan, Mga Awit 28:1; 31:17; 94:17; 115:17; Isaias 47:5
      6. inuugnay ka kahatulan kahit na bago dumating ang araw ng Paghuhukom, Mga Awit 18:4-5
      7. inuugnay sa *abaddon* (pagkawasak), na kung saan nandoon din ang Diyos, Job 26:6; Mga Awit 139:8; Amos 9:2
      8. inuugnay sa "ang hukay" (libingan), Mga Awit 16:10; Isaias 14:15; Ezekiel 31:15-17
      9. ang masasama ay bababa ng buhay sa *Sheol*, Bilang 16:30,33; Mga Awit 55:15
      10. kadalasang kinakatawang ng isang hayop na may malaking bunganga, Bilang 16:30; Isaias 5:14; Habakkuk 2:5
      11. ang mga tao doon ay tinatawag na *Repha'im*, (i.e., "mga espiritu ng patay"), Job 26:5; Mga Kawikaan 2:18; 21:16; 26:14; Isaias 14:9-11)
      12. gayunman, si YHWH ay naririto kahit na dito, Job 26:6; Mga Awit 139:8; Mga Kawikaan 15:11

II. Bagong Tipan
   A. Ang Hebreong *Sheol* ay isinalin sa Griyegong *Hades* (ang di-nakikitang mundo)
   B. Katangian ng *Hades*
      1. tumutukoy sa kamatayan, Mateo 16:18
      2. inuugnay sa kamatayan, Pahayag 1:18; 6:8; 20:13-14
      3. kadalasang inuugnay sa lugar ng palagiang pagpaparusa (*Gehenna*), Mateo 11:23 (sipi sa OT); Lucas 10:15; 16:23-24
      4. kadalasang inuugnay sa libingan, Lucas 16:23
   C. Maaaring pagkakahati-hati (mga rabi)
      1. ang matuwid na bahagi ay tinatawag na *Paraiso* (totoong ibang pangalan para sa langit, cf. II taga-Corinto 12:4; Pahayag 2:7), Lucas 23:43
      2. ang masamang bahagi ay tinatawag na *Tartarus*, II Pedro 2:4, kung saan ito ang lugas na tinatangan ang mga masamang anghel (cf. Genesis 6; I Enoch)
   D. *Gehenna*
      1. Ipinaliliwanag nito ang pariralang OT, "ang lambak ng mga anak ni Hinnom," (timog ng Herusalem). Ito ay lugar na ang apoy na diyos ng Phoenicia, *Molech* (BDB 574), ay sinamba sa pamamagitan ng pagaalay ng bata (cf. II Hari 16:3; 21:6; II Cronica 28:3; 33:6), ito ay ipinagbabawal sa Levitico 18:21; 20:2-5.
      2. Si Jeremias ay binago ito mula sa isang lugar ng paganong pagsamba sa isang lugar ng paghuhuko ni YHWH (cf. Jeremias 7:32; 19:6-7). Ito ay naging isang lugar ng apoy, walang hanggang paghuhukom sa I Enoch 90:26-27 and Sib. 1:103.
      3. Ang Hudyo sa panahon ni Hesus na nangingilabot sa pakikilahot ng kanilang mga ninuno sa paganong pagsamba sa pamamagitan ng pag-aaral ng bata, ay ginawa nilang lugar na pinagtatapunan ng basura para Herusalem. Marami sa mga talinghaga ni Hesus para sa mga walang hanggang parusa ay nanggaling sa tapunang ito (apoy, usok, mga uod, nakakasulasok na amoy, cf. Marcos 9:44,46). Ang salitang *Gehenna* ay ginamit lamang ni Hesus (maliban sa Santiago 3:6).
      4. Ang paggamit ni Hesus sa *Gehenna*
         a. apoy, Mateo 5:22; 18:9; Marcos 9:43
         b. pamalagian, Marcos 9:48 (Mateo 25:46)
         c. lugar ng pagkawasak (kapwa kaluluwa at katawan), Mateo 10:28
         d. inihahalintulad sa *Sheol*, Mateo 5:29-30; 18:9
         e. itinatangi ang mga masasama bilang "anak ng impyerno," Mateo 23:15
         f. bunga ng pagpapataw na kaparusahan, Mateo 23:33; Lucas 12:5
         g. ang kaunawaan sa *Gehenna* ay maihahalintulad sa pangalawang kamatayan (cf. Pahayag 2:11;

20:6,14) o sa lawa ng apoy (cf. Mateo 13:42,50; Pahayag 19:20; 20:10,14-15; 21:8). Maaaring ang lawa ng apoy ay magiging pamalagiang lugar na titirhan ng mga tao (mula sa *Sheol*) at mga masamang anghel (mula sa *Tartarus*, II Pedro 2:4; Hudas v. 6 o sa kailaliman, cf. Lucas 8:31; Pahayag 9:1-11; 20:1,3).

h. hindi ito ginawa para sa mga tao, ngunit para kay Satanas at sa kanyang mga anghel, Mateo 25:41

E. Ito ay maaari, dahil sa pagpapatong ng *Sheol*, *Hades*, and *Gehenna* na

1. sa simula lahat ng mga tao ay mapupunta sa *Sheol/Hades*
2. ang kanilang karanasan (mabuti/masama) is ay papalalain pagkatapos ng Araw ng Paghuhukom, ngunit ang lugar ng mga masasama ay mananatiling katulad ng dati (ito ang dahilan kung bakit isinali ng KJV ang *hades* (libingan) bilang *gehenna* (impyerno).
3. ang nag-iisang talata sa NT na nagbanggit ng pagdurusa bago ang Paghuhukom ay ang parabula sa Lucas 16:19-31 (Lazaro at ang Mayaman). Ang *Sheol* ay inilalarawan din bilang isang lugar ng pagpaparusa ngayon (cf. Deuteronomio 32:22; Awit 18:1-5). Subalit, ang sinuman ay hindi makakabuo ng doktrina sa isang parabula.

III. Panggitnang kalagayan sa pagitan ng kamatayan at muling pagkabuhay

A. Ang NT ay hindi nagtuturo ng "pagiging walang kamatayan ng kaluluwa," na isa sa maraming mga sinaunang pananaw pagkatapos ng buhay.

1. ang mga kaluluwa ng tao ay umiiral na bago pa ang pisikal na buhay
2. ang mga kaluluwa ng tao ay walang-hangan bago at pagkatapos ng pisikal na buhay
3. kadalasang ang pisikal na katawan ay nakikita bilang isang bilangguan at ang kamatayan bilang paglaya pabalik sa dating kalagayan bago ang pag-iral

B. Ang NT ay nagpapahiwatig ng nabuwag na kalalagayan sa pagitan ng kamatayan at muling pagkabuhay

1. Si Hesus ay nagsalita sa pagkakahati sa pagitan ng katawan at kaluluwan, Mateo 10:28
2. Si Abraham ay maaaring nagkaroon ng isang katawan ngayon, Marcos 12:26-27; Lucas 16:23
3. Si Moises at Elias ay may pisikal na katawan sa pagbabagong-anyo ni Hesus, Mateo 17
4. Binigyang-diin ni Pablo na ang Pangalawang Pagparito, ang mga kaluluwa kasama ni Kristo ay makakatanggap muna ng mga katawan, I taga-Thesolonica 4:13-18
5. Binigyang-diin ni Pablo na ang mga mananampalataya ay makatatanggap ng bagong espirituwal na katawan sa araw ng muling pagkabuhay, I taga-Corinto 15:23,52
6. Binigyang-diin ni Pablo na ang mga mananampalataya ay hindi mapupunta sa *Hades*, ngunit sa kamatayan ay kasama ni Hesus, II taga-Corinto 5:6,8; taga-Filipos 1:23. Napagtagumpayan ni Hesus ang kamatayan at kinuha ang mga matutuwid na kasama Niya sa langit, I Pedro 3:18-22.

IV. Ang Langit

A. Ang salita ay ginamit sa tatlong mga diwa sa Bibliya.

1. ang *atmosphere* sa taas ng lupa, Genesis 1:1,8; Isaias 42:5; 45:18
2. ang mabituing kalangitan, Genesis 1:14; Deuteronomio 10:14; Awit 148:4; Hebreo 4:14; 7:26
3. ang lugar ng luklukan ng Diyos, Deuteronomio 10:14; I Hari 8:27; Awit 148:4; taga-Efeso 4:10; Hebreo 9:24 (pangatlong langit, II taga-Corinto 12:2)

B. Ang Bibliya ay hindi naghayag nang marami patungkol sa pagkatapos ng buhay, marahil dahil ang mga nalugmok na mga sangkatauhan ay walang paraan o kakayahan na maunawaan (cf. I taga-Corinto :9).

C. Ang langit ay kapwa isang lugar (cf. Juan 14:2-3) at isang persona (cf. II taga-Corinto 5:6,8). Ang langit ay maaaring ipanumbalik sa Hardin ng Eden (Genesis 1-2; Pahayag 21-22). Ang mundo ay malilinis at maibabalik sa dati (cf. Gawa 3:21; taga-Roma 8:21; II Pedro 3:10). Ang larawan ng Diyos (Genesis 1:26-27) ay napanumbalik ni Kristo. Ngayon ang malapit na pakikipag-ugnayan sa Hardin ng Eden ay maaari muli.

Subalit, ito ay maaaring isang talinghaga (ang langit bilang isang malaki, malakubong lungsod sa Pahayag 21:9-27at hindi literal. Inilalarawan ng I taga-Corinto 15 ang pagkakaiba sa pagitan ng pisikal na katawan sa espirituwal na katawan bilang isang binhi sa isang ganap na halaman. Muli, ang I Corinto 2:9 (isang sipi mula sa Isaias 64:4 at 65:17) ay isang dakilang pangako at pag-asa! Nalalaman ko na kapag makita natin Siya, tayo ay magiging katulad Niya (cf. I Juan 3:2).

V. Mga mapagkukunang tulong

A. William Hendriksen, *The Bible On the Life Hereafter*

B. Maurice Rawlings, *Beyond Death's Door*

**9:44,46** Ang mga talatang 44 at 46 ay katulad ng v. 48. Alinman ay hindi matatagpuan sa sinaunang Griyegong ansialong mga kasulatan א, B, $C^L$, o W. Iyon ay tila isang sinaunang eskriba ay kumuha ng mga salita mula sa v. 48 at idinagdag sila sa vv. 44 at 46.

**9:48 "'Na doon ay HINDI NAMAMATAY ANG KANILANG UOD, AT HINDI NAMAMATAY ANG APOY'"** Ito ay isang sipi mula sa Isaias 66:24. Ang mga Hudyo ay lubhang nagulat na kanilang mga ninuno ay sinunog ang kanilang mga anak (II Mga Hari 21:6) na kanilang ginawa ang lugar na ito bilang tambakan ng basura ng Herusalem. Iyon ay mula sa lugar na hinango ni Hesus ang Kaniyang matalinghagang wika tungkol sa walang hanggang paghihiwalay mula sa Diyos—Impyerno. Ang katulad na termino, walang hanggan, na ginamit sa langit sa Mateo 25:46, ay ginamit din sa katulad na talata ng kahatulan.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 9:49-50

**49 Sapagkat bawa't isa'y aasnan sa pamamagitan ng apoy. 50 Mabuti ang asin: datapuwat kung tumabang ang asin, ay ano ang inyong ipagpapaalat? Taglayin ninyo sa inyong sarili ang asin, at kayo ay magkaroon ng kapayapaan sa isa't isa.**

**9:49 "'aasnan sa pamamagitan ng apoy'"** Ang asin ay isang ay paraan ng pagpapagaling, paglilinis, at pag-iingat. Iyon din ay ginamit upang tatakan ang mga kasunduan (cf. Bilang 18:19). Iyon ay isang napakahalagang sangkap ng buhay para sa mga taong disyerto. Ang mga termino asin at apoy ay magkasingkahulugan sa kontekstong ito para sa paglilinis. Ang talatang 49 ay may maraming mga kasulatang kaibahan. Ang mga ito ay maaaring dahil sa kawalang katiyakan (1) kung paano nauugnay ang talata sa v. 48 o (2) ano ang kuhulugan ng talata mismo. Maaaring ang isang eskriba ay nakita ang isang sanggunian sa Levitico 2:13 at inilagay iyon sa gilid ng teksto. Kadalasang ginagamit ni Hesus ang asin bilang isang paghahambing upang ipahayag ang espiritwal na katotohanan (cf. Mateo 5:13; Lucas 14:34-35).

**9:50** Ang talatang ito, tulad ng v. 49, ay tila hindi nauugnay sa naunang konteksto. Tulad ng v. 49 na isinama dahil sa terminong "apoy," ang talatang ito ay isinama dahil sa terminong "asin." Iyon ay maaaring tumutukoy sa v. 35. Mahalaga kung paano namumuhay ang mga Kristiyano!

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit "nagbagong-anyo" si Hesus?
2. Paano nauugnay ang pangyayaring ito sa OT?
3. Bakit nalilito ang mga alagad tungkol kay Elias?
4. Bakit patuloy na hindi naunamaan ng mga alagad ang tungkol sa kamatayan ni Hesus at muling pagkabuhay?
5. Mali ba para sa isang Kristiyano na maging mapaghangad? Paano binigyang-kahulugan ni Hesus ang kadakilaan?
6. Si Hesus ba ay nagpapahayag tungkol sa mga anak sa vv. 35-37 at 42 o ginagamit sila bilang isang halimbawa para sa mga matatanda?
7. Mayroon bang mga antas ng kahatulan?
8. Dapat bang tanggaping literal ang vv. 43-47?
9. Ano sinasagisag ng asin?

# MARCOS 10

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Pagtuturo Tungkol sa Paghihiwalay | Kasal at Paghihiwalay | Sa Kasal at Paghihiwalay | Natuturo si Hesus Tungkol sa Paghihiwalay | Ang Tanong Tungkol sa Paghihiwalay |
| 10:1-12 | 10:1-12 | 10:1 | 10:1 | 10:1-12 |
| | | 10:2-9 | 10:2 | |
| | | | 10:3 | |
| | | | 10:4 | |
| | | | 10:5-9 | |
| | | 10:10-12 | 10:10-12 | |
| Pinagpala ang mga Munting mga Bata | Pinagpala ni Hesus ang mga Munting Bata | Pagpapala sa mga Bata | Pinagpala ni Hesus ang Mga Munting Bata | Hesus at ang mga Bata |
| 10:13-16 | 10:13-16 | 10:13-16 | 10:13-16 | 10:13-16 |
| Ang Mayamang Lalaki | Pinayuhan ni Hesus ang Mayamang Batang Lalaki | Ang Mayamang Lalaki | Ang Mayamang Lalaki | Ang Mayamang Batang Lalaki |
| 10:17-22 | 10:17-22 | 10:17-22 | 10:17 | 10:17-22 |
| | | | 10:18-19 | |
| | | | 10:20 | |
| | Sa Diyos, Ang Lahat ng Bagay ay Posible | | 10:21-22 | Ang Panganib ng Yaman |
| 10:23-31 | 10:23-31 | 10:23-27 | 10:23 | 10:23-27 |
| | | | 10:24-25 | |
| | | | 10:26 | |
| | | | 10:27 | Ang Ganti ng Pagtalikod |
| | | 10:28-31 | 10:28 | 10:28-31 |
| | | | 10:29-31 | |
| Ikatlong Beses na Isasalaysay ni Hesus ang Kaniyang Kamatayan at Pagkabuhay | Ikatlong Beses na Hinulaan ni Hesus ang Kaniyang Kamatayan at Pagkabuhay | Ang Pagdurusa ay Sinawika ng Ikatlong Beses | Si Hesus ay Nagsalaysay nang Ikatlong Beses sa Kanyang Kamatayan | Ikatlong Propesiya ng Pagdurusa |
| 10:32-34 | 10:32-34 | 10:32-34 | 10:32-34 | 10:32-34 |
| Ang Hiling nina Santiago at Juan | Pinakadakila ang Paglilingkod | Sina Santiago at Juan ay ay Naghahanap ng Dangal | Ang Hiling nina Santiago at Juan | Mga Anak ni Zebedeo ay Ipinaabot ang Kanilang Nais |
| 10:35-45 | 10:35-45 | 10:35-40 | 10:35 | 10:35-40 |
| | | | 10:36 | |
| | | | 10:37 | |
| | | | 10:38 | |
| | | | 10:39-40 | Pamumuno na may Pagli-lingkod |
| | | 10:41-45 | 10:41-45 | 10:41-45 |

| Ang pagpapagaling sa Bulag na si Bartimeo | Pinagaling ni Hesus ang Bulag na si Bartimeo | Bulag na si Bartimeo | Pinagaling ni Hesus ang Bulag na si Bartimeo | Ang Bulag na Lalaki ng Jerico |
|---|---|---|---|---|
| 10:46-52 | 10:46-52 | 10:46-52 | 10:46-47 | 10:46-52 |
| | | | 10:48 | |
| | | | 10:49 | |
| | | | 10:50 | |
| | | | 10:51a | |
| | | | 10:51b | |
| | | | 10:52 | |

## IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng pagpapaliwanag. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata
2. Pangalawang talata
3. Pangatlong talata
4. Atbp.

## MGA KAAGAPAY SA MGA SINOPTIKONG EBANGHELYO

A. Paghihiwalay, 10:2-12 (kaagapay sa Mateo 19:1-12)

B. Pagpapala sa mga Bata, 10:13-16 (kaagapay sa Mateo 19:13-15; Lucas 18:15-17)

C. Mayamang Batang Pinuno, 10:17-31 (kaagapay sa Mateo 19:16-20:16; Lucas 18:18-30)

D. Prediksyon ng Pagpapapako sa Krus, 10:32-34 (kaagapay sa Mateo 20:17-20; Lucas 18:31-34)

E. Mga Anak ni Zebedeo, 10:35-45 (kaagapay sa Mateo 20:21-28)

F. Ang Bulag na si Bartimeo, 10:46-52 (kaagapay sa Mateo 20:29-34; Lucas 18:35-43)

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 10:1

[1]**At siya ay umalis doon, at pumasok sa mga hangganan ng Judea at sa dako pa roon ng Jordan: at ang mga karamihan ay muling nakipisan sa kaniya; at, ayon sa kaniyang kinaugalian, ay muling tinuruan niya sila.**

**10:1 "pumasok sa mga hangganan ng Judea at sa dako pa roon ng Jordan"** Ang RSV at ang ASV ay may "pumasok sa mga teritoryo ng Judea at trans-Jordan." Ang konteksto ay nagpapahiwatig na si Hesus ay nasa Kaniyang huling paglalakbay sa Herusalem. Tila Siya ay pumunta sa Samaria, tumawid sa Galilea, at sumama sa karamihan ng tao na mga manlalakbay patungong Herusalem. Ang karamihan ng mga Hudyo ay tinatanggihan dumaan sa Samaria sa kanilang pagdaan sa Herusalem, kaya sila ay tumawid sa silangang panig ng Jordan (i.e., sa Perea) at pagkatapos, tumawid muli sa kanlurang panig ng Jerico. Kung ito ang nangyari, ngayon, iyon ang nagpalaliwanag sa nakakalitong talata (cf. A. T.

Robertson, *Word Pictures of the New Testament*, tomo 1, p. 348, na nagpapahayag na lagpas sa isang-katlo ng Ebanghelyo ni Lucas ay makikita sa pagitan Marcos 9 at 10 [i.e., 9:57-18:14]; gayundin sa Mateo 18 at Juan 7-11).

▣ **"ang mga karamihan ay muling nakipisan sa kaniya"** Ito ay maaaring tumutukoy sa (1) mga manlalakbay sa kanilang pagpunta sa Herusalem para sa pista o (2) ang may sakit, ang mausisa, ang Hudyong mga pinuno, at mga alagad. Si Hesus ay palaging lumalapit sa karamihan ng tao.

▣ **"ayon sa kaniyang kinaugalian"** Kapag si Hesus ay mayroong pagkakataon na magturo, Siya ay nagtuturo (cf. 1:21; 2:13; 4:2; 6:2,6,34; 12:35; 14:49). Ang nilalaman ng Kaniyang mensahe ay

1. magsisi at manampalataya (tulad ng mensahe ni Juan Bautista)
2. ang Kaharian ng Diyos ay papasok sa pananampalataya sa Kaniya
3. ang Kaharian ng Diyos binabagong radikal ang paraan ng taong mag-isip at mamuhay.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 10:2-9

**[2]At nagsilapit sa kaniya ang mga Fariseo, at siya ay tinanong, Matuwid baga sa lalake na ihiwalay ang kaniyang asawa? na siya ay tinutukso. [3]At sumagot siya at sa kanila'y sinabi, Ano ang iniutos sa inyo ni Moises? [4]At sinabi nila, Ipinahintulot ni Moises na ilagda ang kasulatan sa paghihiwalay, at ihiwalay siya. [5]Datapuwa't sinabi sa kanila ni Hesus, Dahil sa katigasan ng inyong puso ay inilagda niya ang utos na ito. [6]Nguni't buhat nang pasimula ng paglalang, Lalake at babaing ginawa niya sila. [7]Dahil dito'y iiwan ng lalake ang kaniyang ama at ina, at makikisama sa kaniyang asawa; [8]At ang dalawa ay magiging isang laman; kaya hindi na sila dalawa, kundi isang laman. [9]Ang pinapagsama nga ng Diyos, ay huwag papaghiwalayin ng tao.**

**10:2 "mga Fariseo"** Tingnan ang Natatanging Paksa: mga Fariseo sa 2:16.

▣ **"tinutukso"** Ang salitang ito, *periazō* ay may pakahulugan na pagsubok na may isang pananaw patungo sa pagkawasak (cf. 8:11; 10:2; 12:15; Natatanging Paksa sa mga termino para sa "pagsubok" sa 1:13). Ang tanong na ito ay nangahulugang (1) pagsabungin ang mga kuro-kuro ng kapwa mga tao at mga rabbi sa dalawang rabinikal na mga paaralan ng Shammai (*konserbatibo*) at Hillel (liberal) o (2) paningasin ang galit ni Herodes Antipas.

▣ **"Matuwid baga sa lalake na ihiwalay ang kaniyang asawa"** Pansinin na ang mga tanong ng Fariseo ay tungkol sa paghihiwalay, hindi muling pagpapakasal. Pansinin din na si Hesus ay tumutugon sa isang partikular na tanong. Si Hesus ay hindi tumatalakay sa paksang ito sa isang walang kinikilingang kalagayan. Ang mga Fariseo ay sinusubukang hulihin Siya sa paglayo ng Kaniyang sarili mula sa (1) ang mga tagasunod ng Hillel, na mayroong isang liberal na pananawa patungo sa paghihiwalay. Ang Mateo 19:3 ay pinapalawak ang tanong sa pagsasama ng "Bakit" ng paghihiwalay o (2) Herodes Antipas dahil siya ay hiwalay (cf. 6:17-20).

Ang terminong "matuwid" ay maaring tumutukoy sa Kautusan ni Moises o ang rabinikal na mga tradisyon (i.e., ang Talmud). Sa pagtugon sinisipi ni Hesus ang isang talata mula sa Deuteronomio.

**10:4 "ILAGDA ANG KASULATAN SA PAGHIHIWALAY"** Ang sipi ay mula sa Deuteronomio 24:1-4. Si Moises ay nagpatupad ng isang ligal na pamamaraan upang maipagtanggol ang asawa (cf. Exodo 21:1-11). Ang ligal na pamamaraang ito ay maraming mga kinakailangan.

1. iyon ay nagguguol ng ilang panahon
2. iyon ay kumuga bg isang saserdote o Levita na isulat iyon
3. iyon ay maaaring kailangan sa pagbabalik ng dote

Umaasa na ang mga pamamaraan ay magbibigay ng pagkakataon sa mag-asawa na magkasundo.

Iyon ay kailangang ding maihayag sa Deuteronomio 24 na ipinagpapalagay na ang karapatan na muling pagpapakasal ay para sa kapwa ang lalaki at babae. Gayunman, ang konteksto ng talasa sa Deuteronomio ay hindi tumatalakay sa pangkulturang isyu ng paghihiwalay gayundin sa (1) paninuguro ng pagiging-birhen at katapatan ng asawang babae at (2) pagbalangkas ng tiyak na mga pamamaraan at hangganan sa muling pagpapakasal.

Ang tunay na suliranin ay makikita sa liberal na pagpapaliwanag ng talatang ito ng mga rabinikal na paaralan ng Hillel (cf. *The Christ of the Gospels* ni J. W. Shepherd, pp. 451-457). Ang paaralang ito ay kinuha ang terminong "kalaswaan" at pinahaba ang orihinal na panahon nito at kahulugan. Ang mga Fariseo ay sinisipi lamang si Moises upang linlangin si Hesus. Sila ay hindi naghahanap ng impormasyon.

Pinatunayan ni Hesus na ang layunin ng Diyos para sa kasal ay bilang isang lalaki, isang babae, habang-buhay. Anumang bagay ay hindi uliran. Ang suliranin ay dumarating sa kung paano titimbangin ang mga salita ni Hesus sa kontekstong ito kasamang ang Kaniyang mga salita ng pagpapatawad sa ibang mga konteksto. Ang pamantayan para sa mga tagasunod ng Kaharian ay mataas, ngunit gayun din, ay ang biyaya ng Diyos! Sa bahaging ito, isang batay sa kalagayang pamamaraan ang mas maigi kaysa sa mahigpit na mga kautusan.

Sa OT, si YHWH ay ginamit ang paghihiwalay upang ilarawaa ang Kaniyang mga gawa patungo sa Israel dahil ng kanilang pagsamba sa diyus-diyosan (cf. Isaias 50:1; Jeremias 3:1-8; Osea 2:2). Mayroong mga halimbawa sa OT kung

saan ang paghihiwalay ay kinakailangan (cf. Genesis 21:8-14; Exodo 21:10-11; Deuteronomio 21:10-14; Ezra 9-10). Mayroong isang pinamakamainam na pamukaw-isipang artikulo sa "Journal of Evangelical Theological Society" tomo 40 # 4, na pinamagatang "*Old Testament Perspectives on Divorce and Remarriage*" ni Joe M. Sprinkle.

**10:5 "'Dahil sa katigasan ng inyong puso'"** Inilalarawan ni Hesus ang mga Israelita bilang "matigas na puso" (cf. Ezekiel 2:4; 3:7). Ang termino "matigas na leeg" ay isang magkasingkahulugang talinghaga (cf. Exodo 32:9; 33:3,5,9; Deuteronomio 9:6,13). Palagi nilang nais gawin ang mga bagay sa kanilang paraan. Ito ang palaging katutubong hilig ng nalugmok na sangkatauhan! Ang ganitong pag-uugali ay makikita rin sa Kaniyang mga alagad (cf. Marcos 3:5 at 6:52).

Ang paksa ng paghihiwalay ay isang mabuting halimbawa ng ang suliranin ng pagpapatunay-talata. Kailangan nating hayaang ang lahat sa Bibliya na magsalita sa paksa. Hindi lamang ito ang biblikal na talata sa paghihiwalay at muling pagpapakasal.

Ang kapahayagang ito ni Hesus ay nakakapagpabahala sa akin. Paano ko malalaman na ang Deuteronomio 24:1-4 ay hindi ang pangwakas na salita ni YHWH sa paksang ito? Iyon ay nasa Bibliya. Kung si Hesus ay hindi hinarap nsa isyung ito, maaaring hindi ko na nalaman ang limitadong kahalagahan nito. Ang suliranin ay gaano karaming ibang mga teksto sa OT ang kinpapalooban ng "ang katigasan ng puso" at gaano karami ang kalooban ng Diyos para sa sangkatauhan? Ang tanging kaaliwan na dumarating sa tunay na sistematikong pamamaraan sa teolohikong mga paksa, na isasaalang-alang ang kapwa mga Tipan at pangkasaysayang mga kalagayan (e.g., 7:14-16,17-23). Ang mga makabagong ebandyelikong Kristiyano ay napakabilis na magpatunay-teksto ng mga tiyak na katotohanan mula sa mga hiwalay, maliliit na teksto.

Theologically, Hesus' patanggi ng Moises ay nakakagulat na. Iyon ay isang makapangyarihang paraan ng pagpapahayag ng Kaniyang awtoridad. Ang Hudyong mga alagad would ay may been lubhang surprised na Hesus knew bakit Moises did something at na siya ay mayroong ang kapangyarihan at awtoridad mula sa YHWH to overturn iyon. Ito section sa Marcos ay sa teolohiya kaagapay to Mateo 5:17-48.

**10:6 "buhat nang pasimula ng paglalang"** Tingnan ang Natatanging Paksa: *Ktisis* na sumusunod.

## NATATANGING PAKSA: *KTISIS*

Ang terminong ito, *ktisis*, ay ginamit sa maraming kaunawaan sa NT. Ang lexicon nina Louw at Nida ay nagtala ng mga sumusunod na posibilidad.

1. paglalang (ang gawa ng paglalang, cf. Marcos 13:19; taga-Roma 1:20-22; taga-Efeso 3:9)
2. nilalang (na nilalang na may buhay, cf. Marcos 10:6; taga-Roma 1:25; 8:39; taga-Colosas 1:15;23)
3. sandaigdigan (lahat na nilikha, cf. Marcos 13:19; taga-Roma 8:20; Hebreo 9:11)
4. pagsisimula (cf. I Pedro 2:13, #42.39)
5. awtoridad (cf. I Pedro 2:13, #37.47)

Si Pablo rin ay nagbigay ng katauhan sa nilikha sa taga-Roma 8:18-25. Kanyang ipinapakilala ang bagong nilikha ng Diyos, bagong panahon, panahon ng Espiritu sa II taga-Corinto 5:17 at taga-Galacia 6:15. Ang mga mananampalataya ay kailangang mamuhay tulad ng mga mamamayan ng bagong panahon (cf. taga-Roma 6:4).

**"'LALAKE AT BABAING GINAWA NIYA SILA'"** Ang Kasal ay orihinal na plano ng Diyos sa nilikha (cf. Genesis 1:27). Ang kasarian ay isang kaloob mula sa Diyos upang maisakatuparan ang Kaniyang layunin na mundo (cf. Genesis 1:28).

**10:7 "'IIWAN NG LALAKE ANG KANIYANG AMA AT INA, AT MAKIKISAMA SA KANIYANG ASAWA'"** Ito ay ng isa pang sipi mula sa Genesis (cf. 2:24). Iyon ay nagpapakita ng mataas na kalagayan ng kasal, kahit na sa awtoridad ng magulang. Mayroong isang kinakailangang paghihiwalay sa isipan mula sa mga magulang kahit na kung hindi isang pisikal na paghihiwalay (i.e., maraming mga salin-lahi ay namuhay na magkakasama).

**10:8 "'ANG DALAWA AY MAGIGING ISANG LAMAN'"** Ang siping ito ay mula rin sa Genesis 2:24. Sa kasal, dalawa ay nagiging isa—sa pisikal, sa damdamin, at sa bawat paraan. Ito ay nagpapakita ang pananatili ng kasal sa plano ng Diyos.

Si Moises ay nabuhay nang maraming taon na malayo sa mga pangyayaring naitala sa Genesis. Sa bahagi ng paglilikha sa Genesis, kaniyang binabasa ang kinalaunanang isyu ng pagiging-una ng kasal pabalik sa isang tagpuan ng unang mag-asawa.

**10:9 "'Ang pinapagsama nga ng Diyos'"** Ito sa literal ay "nakapamatok na magkasama." Paghihiwalay ay isa sa mga paraan ng nalugmok na sangkatauhan sa pagsira sa kung ano ang naitatag ng Diyos bilang isang panlipunang pamantayan (i.e., ang kasal ay isang haligi para sa matatag na lipunan, cf. Deuteronomio 5:16,33; 4:40; 32:47, "na ang iyong mga araw ay humaba at iyon ay maging mainam sa iyo sa lupain ng ipinagkaloob ng Panginoon mong Diyos"). Ito ay isang mabuting halimbawa ng isang kasunduang mananampalataya na ikinikiling kaniyang kalooban sa kalooban ng Diyos.

**"'huwag papaghiwalayin ng tao'"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS na may SALUNGAT NA

KATAGA, na kadalasang nangahulugang ihinto ang isang pagkilos na nasa proseso na. Para sa isang mabuting pagtalakay sa kasal, pamilya, at paghihiwalay, tingnan si Frank Staff, *New Testament Theology*, pp. 296-302.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 10:10-12**

**10At sa bahay ay muling tinanong siya ng mga alagad tungkol sa bagay na ito. 11At sinabi niya sa kanila, Ang sinomang lalake na ihiwalay ang kaniyang asawa, at magasawa sa iba, ay nagkakasala ng pangangalunya laban sa unang asawa: 12At kung ihiwalay ng babae ang kaniyang asawa, at magasawa sa iba, ay nagkakasala siya ng pangangalunya.**

**10:10 "tinanong siya ng mga alagad tungkol sa bagay na ito"** Ang Mateo 19:10 ay tinala ang pagkamangha ng mga alagad. Sila ay mausisa tungkol sa kung ano ang itinuro sa kanila patungkol sa paghihiwalay at muling pagpapakasal. Ang pariralang ito ay nagpapakita ang huwaran sa pangmadlang katuruan at pribadong pagpapaliwanag ni Hesus. Ang huwarang ito ay nagpapakita kung gaano kadali na magkamali sa pagkaunawa sa mga salita ni Hesus. Ang mga pribadong pag-aaral ay ang pagkakataon na sanayin ang Labindalawa sa wastong pagkakaunawa at bagong radikal na pananaw ng Kaharian ng Diyos. S Hesus ay tumuon sa pangwakas na awtoridad ng Kaniyang sarili, hindi ang OT (cf. Mateo 5:17-19), bagaman Kaniyang ginagalang at kadalasang pinaninindigan ang OT.

**10:11-12 "nagkakasala ng pangangalunya. . . nagkakasala ng pangangalunya"** Ang mga ito ay kapwa PANGKASALUKUYANG MAY PAHIWATIG MGA PANDIWA. Ang anyo (morpolohiya) ng salitang "pangangalunya" sa Koine Griyegong ay maaring alinman sa PANGGITNANG o BALINTIYAK NA TINIG. Ang Mateo 5:32, na tumutukoy sa katulad na paksa, ay may isang AORIST BALINTIYAK NA PAWATAS. Nagpapahiwatig ito na ang lahat ng mga anyo ay BALINTIYAK. Kung ito ay tunay, ngayon, iyon ay hindi ang paghihiwalay at mulng pagpapakasal na pangangalunya, ngunit ang ligal na pagkilos na patatakuwil sa babae, na kultura ay dinudungisan siya bilang isang mangangalunya. Sa literal, "siya ay dinulot na mangalunya." Ito ay hindi isang lubusang pagbabawal sa kasulatan sa muling pagpapakasal. Iyon ay inuugnay sa isang teolohikong aspeto ng Hudyong pagpapaliwanag (i.e., Hillel laban sa Shammai).

Gayunman, ang pagpapawalang-bisa ng kasunduang-kasal sa pagitan mga mananampalataya (i.e., na sumumpa sa pangalan ni Kristo na manatiling kasal ay (nakalipas), at ay (kasalukuyan), hindi uliran ng Diyos. Ang mga mananampalataya ay tumangan sa isang mas mataas na "kahariang pamantayan." Paghihiwalay ay kadalasang ang mas mababa ng dalawang masama; iyon ay hindi ang di-mapapatawad na kasalanan! Tingnan ang buong tala sa v. 4.

**10:12 "kung ihiwalay ng babae ang kaniyang asawa, at magasawa sa iba, ay nagkakasala siya ng pangangalunya"** Ang saling ito ay sinusundan ang *Alexandrian* na Griyegong mga teksto. Ang Kanlurang mga teksto ay binabasa na "iniwan niya ang asawang lalaki, ngunit hindi niya hiniwalayan at nagpakasal sa isa pa, samakatuwid, ay nangangalunya." Ang kaagapay na talata sa Mateo 19: 1-12 ay iniwan ang talatang ito, maaaring dahil si Mateo, sa sumusulat sa mga Hudyo, ay walang pangangailangan na isama ito. Sa Judaismo ang kababaihan ay walang karapantan na hiwalayan ang kanilang mga asawang lalaki. Si Marcos, na sumusulat sa mga Hentil, ay tinala ito upang ipakita ang pangkalahatang aspeto ng katuruan ni Hesus. Ito ay tumutuon sa pagkakapantay sa batas ng asawang lalaki at asawang babae, na makikita sa mga batas ng Roma. Ito ay isa pang katibayan na ang Marcos ay isinulat sa taga-Roma. Si Hesus ay pang-pamilya (cf. vv. 13-16)!

▣ **"kung"** Ito ay isang PANGATLONG URING MAY PASUBALI NA PANGUNGUSAP na nangangahulugang maaaring pagkilos.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 10:13-16**

**13At dinadala nila sa kaniya ang maliliit na bata, upang sila ay kaniyang hipuin: at sinaway sila ng mga alagad. 14Datapuwa't nang ito'y makita ni Hesus, ay nagdalang galit siya, at sinabi sa kanila, Pabayaan ninyong magsilapit sa akin ang maliliit na bata; huwag ninyo silang pagbawalan: sapagkat sa mga ganito nauukol ang kaharian ng Diyos. 15Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang sinomang hindi tumanggap ng kaharian ng Diyos na tulad sa isang maliit na bata, ay hindi siya papasok doon sa anomang paraan. 16At kinalong niya sila, at sila ay pinagpala, na ipinapatong ang kaniyang mga kamay sa kanila.**

**10:13 "dinadala"** Ito ay isang DI-GANAP NA PANAHUNAN. Ang mga magulang ay nagpapatuloy na dalhin ang kanilang mga anak sa Kaniya para sa tradisyunal na rabinikal na pagpapala. Ito ay walang kinalaman sa kaligtasan ng mga anak na ito. Sila ay itinuturing nang bahagi ng Israel sa pamamagitan ng pagtutuli at naghihinta para sa kanilang pagtahak sa pagiging buong pangkasunduan na may sapat na gulang na labingdalawang taong gulang para sa mga babae at labintatlong taong gulang para sa mga lalaki.

▣ **"ang maliliit na bata"** Ang Lucas 18:15 ay may "mga sanggol." Sa Hudyong batang babae sa ilalim ng 12 at batang lalaki sa ilalim ng 13 ay ipinagpapalagay na mga anak.

▣ **"sila ay hipuin"** Ang Mateo 19:13 ay may "ipinatong ang Kaniyang mga kamay sa kanila" (cf. v. 16). Iyon ay lubhang karaniwang sa panahon ni Hesus para sa mga magulang na hilingin sa rabbi na pagpalain ang kanilang mga anak. Ang katulad na pagkilos ay makikita sa Genesis 48:8ff. Ito ay kadalasang ginagawa tuwing araw ng kapanganakan. Ang pagpapalang ito ay higit para sa kapayapaan ng pag-iisip ng mga magulang kaysa sa "ligtas laban sa nalugmok" na kalagayan ng mga anak!

▣ **"sinaway sila ng mga alagad"** Ang "sila" ay hindi tiyak kaya ang sinaunang mga eskriba ay idinagdag ang "sila na nagdala sa kanila" (cf. NKJV). Gayunman, ito ay hindi makikita sa sinaunang Griyegong mga kasulatan א, B, o C, ngunit iyon ay isinama sa A, D, at W. Ang mas maiksing pagbasa ay matatagpuan din sa Mateo 19:13 at Lucas 18:15. Ang mga bata ng *Near East* ay walang tanging karapatang kalagayan hindi gaya sa Kanluran. Ang mga alagad ay maaaring may kaisipan na sila ay nagtatanggol kay Hesus mula sa mapanira, hindi interesadong pagkilos. Gayunman, para kay Hesus palaging una ang mga tao.

**10:14**
**NASB, NKJV,**
**NJB** **"nagdalang galit siya"**
**NKJV** **"Siya ay lubhang nagalit"**
**TEV** **"siya ay nagalit"**

Ito ay isang malakas na salita na ginamit sa 10:41 para sa galit ng mga alagad laban kina Santiago at Juan para sa pagtatanong ng mga katatayuan ng pamumuno at sa 14:4 para sa pagkapoot ni Judas sa pagkakasugo kay Hesus. Ang Mateo ay gumagamit ng terminong ito nang maraming beses (cf. 20:24; 21:15; 26:8).

Ang Ebanghelyo ni Marcos ay nagpapahayag ng pagkatao ni Hesus sa pamamagitan ng pagtatala ng Kaniyang mga saloobin (cf. *Jesus and the Rise of Early Christianity* ni Paul Barnett, p. 156).

1. pagkahabag para sa isang ketongin (1:40-42)
2. galit sa katigasan ng puso ng mga Fariseo (3:1-5)
3. ngitngit sa mga alagad (10:13-16)
4. pag-ibig para sa mayamang binatang pinuno (10:17-22)
5. malalim na pagdadalamhati sa Gethsemane (14:33-34)
6. pagpapabaya sa krus (15:34)

Hesus ay kadalasang nagpapakita ng pagkasiphayo sa mga alagad (cf. 6:52; 8:17; 9:19). Siya ay nakita ang mga anak bilang napakahalaga mga nilikha ng Diyos at inibig Niya sila. Madalas Niyang ginagamit ang mga anak bilang pakay ng pag-aaral para sa tunay na pananampalataya at pagiging alagad.

▣ **"'Pabayaan ninyong magsilapit sa akin ang maliliit na bata'"** Ito ay isang AORIST TAHAS NA PAUTOS, na nagpapahayag ng pagmamadali o katindihan.

▣ **"'huwag ninyo silang pagbawalan'"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PAUTOS na may SALUNGAT NA KATAGA na kadalasan ay nangahulugang ihinto isang pagkilos na nasa proseso na.

▣ **"'ang kaharian ng Diyos'"** Ang karaniwang parilala ng ebanghelyo ay tumutukoy sa paghahari ng Diyos sa mga puso ng tao ngayon na sa isang araw ay malulubos sa lahat ng ang mundo gaya ng sa langit. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:15.

**10:15 "'Katotohanan'"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Amen sa 3:28.

▣ **"'sinomang hindi tumanggap'"** Ito ay tumutukoy sa mga matatanda. Si Hesus ay kadalasang ginagamit ang mga anak bilang espiritwal na mga halimbawa (cf. Mateo 18). Ang NT ay isang kapahayagan para sa mga matatanda. Iyon ay hindi tinatalakay ang espiritwal na kalagayan ng mga anak!

Ang Griyegong terminong *dechomai* sa orihinal ay nangahulugang "hawakan ang isang bagay." Sa kaunawaan iyon, ito ay kaagapay sa *lambanō*. Ito ay ginamit sa kaunawaan ng "patanggap" o "nananampalataya" o "malugod na pagtanggap." Mayroong pinong pagkakaiba sa kaunawaan na ang *dechomai* ay binibigyang-diin ang tagapagbigay, habang ang *lambanō* nagpapakilala isang aktibong pakikilahok ng tumanggap (cf. *Greek-English Lexicon of the New Testament Based on Semantic Domains* nina Louw at Nida, tomo 1, p. 572, talababa 31).

Ang teolohikong pananagutan ay mga tao ay kailangang "tumanggap," "manampalataya," "tanggaping malugod" si Hesus. Ang kaligtasan ay kinapapalooban ng pagtanggap ng malugod sa isang persona, nananampalataya sa mga katotohanan tungkol sa persona (i.e., ang ebanghelyo), at namumuhay ng buhay na tinutularan ang personang ito. Mayroong isang pauna at nagpapatuloy na kusang aspeto sa kaligtasan.

▣ **"'ay hindi siya papasok doon sa anomang paraan'"** Ito ay isang malakas na DALAWAHANG SALUNGAT NA kayarian na nangangahulugang "kailanman ay hindi, hindi kailanman ay hindi."

Sa isang kaunawaan, ipinapakilala ni Hesus ang Kaharian ng Diyos gaya ng pagtitiwala at pananampalataya isang

bata sa Kaniyang sarili at Kaniyang mga katuruan. Ito ay tila hindi napaparaan sa ating panahon, ngunit iyon ang malinaw na katuruan ng NT. Iyon ay kadalasang tinawag na "ang iskandalong ng pagiging buko o *exclusivism* ng ebanghelyo." Ngunit iyon ay tunay. Ang pananampalataya kay Hesus ay ang tanging daan sa Ama (cf. Juan 14:6)! Ito ay dapat magbunga ng panalangin, pagsaksi, at kababaang-loob, hindi pagmamalaki, paghuhusga, at kapalaluan!

**10:16 "At kinalong niya sila"** Dito ay isa pang pangsaksing detalye ni Pedro, tulad ng 9:36.

▣ **"ipinapatong ang kaniyang mga kamay sa kanila"** Si Hesus ay naggugol ng panahon sa bawat isa. Maaari nating ipagkatiwala ang ating mga anak sa pag-ibig ng Diyos na lubhang maliwanag na inihayag ni Hesus. Sa pagtaas ng panlipunang katatayuan at kahalagaha ng kababaihan, gayundin naman, ang mga anak. Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagpapatong ng mga Kamnay sa 7:32.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 10:17-22

**[17]At nang siya ay umalis na lumalakad sa daan, ay may isang tumakbong lumapit sa kaniya, at lumuhod sa harap niya, at siya ay tinanong, Mabuting Guro, ano ang gagawin ko upang ako'y magmana ng buhay na walang hanggan? [18]At sinabi sa kaniya ni Hesus, Bakit tinatawag mo akong mabuti? walang mabuti kundi isa lamang, ang Diyos. [19]Nalalaman mo ang mga utos, Huwag kang pumatay, Huwag kang mangalunya, Huwag kang magnakaw, Huwag kang sumaksi sa di katotohanan, Huwag kang magdaya, Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina. [20]At sinabi niya sa kaniya, Guro, ang lahat ng mga bagay na ito'y aking ginanap mula sa aking kabataan. [21]At pagtitig sa kaniya ni Hesus, ay giniliw siya, at sinabi sa kaniya, Isang bagay ang kulang sa iyo: yumaon ka, ipagbili mo ang lahat mong tinatangkilik, at ibigay mo sa dukha, at magkakaroon ka ng kayamanan sa langit: at pumarito ka, sumunod ka sa akin. [22]Datapuwa't siya ay nahapis sa sabing ito, at siya ay yumaong namamanglaw: sapagkat siya ay isang may maraming mga pag-aari.**

**10:17 "At nang siya ay umalis na lumalakad sa daan"** Ang ebanghelyo ni Marcos ay ipinakikilala sa paglalakbay ni Hesus. Ito ang pampanitikang na pamamaraan sa Marcos sa pagbabalangkas ng kaniyang paghahayag ng mga ala-ala ni Pedro (o mga pangangaral).

▣ **"isang tao"** Ang Mateo 19:20 ay nagdaragdag ng pang-uring "binata"; Mateo 19:22 ay nagdaragdag ng "Siya ay isa sa mga nagmamay-ari ng maraming ari-arian (i.e., mayaman)"; habang ang Lucas 18:18 ay tinatawag siyang isang "pinuno." Ang taong ito ay tila isang mayaman, moral, napakahalagang pang-sibiko at pang-relihiyong pinuno. Ang terminong "pinuno" ay nagpapahiwatig na siya ay isang pinuno sa lokal na sinagoga. Tingnan ang Natatanging Paksa: Katuwiran sa I Pedro 3:14.

▣ **"tumakbo…at lumuhod"** Ito ay lubhang di-karaniwang pagkilos para sa isang mayamang Silanganing tao sa madla. Ang taong ito ay tila taos-puso sa kaniyang tanong at nais na malaman. Ito ay hindi isang pagtatangka na subukin o linlangin si Hesus.

▣ **"'Mabuting Guro'"** Ang pariralang ito ay nagbukas ng pagkakataon para kay Hesus na suriin ang espiritwal na pananaw sa mundo ng taong ito (cf. v. 18). Ang termino "mabuti" (i.e., *agathos*) ay maaaring nauunawaan sa maraming paraan (mabuti, may pakinabang, mapagbigay, mabiyaya, matuwid, o malinis). Ang tao ay ninanais sa gayong paraan, ngunit ginamit ni ito sa isang pangwakas na kaunawaan.

▣ **"'ano ang gagawin ko'"** Ang kaniyang pagkakaunawa ng espiritwal na mga bagay ay nakatuon sa kaniyang mga gawa. Ang taong ito ay nababad sa rabinikal na kagalingang tradisyon (cf. Mateo 19:16).

▣ **"'magmana'"** Ang pampamilyang salita ay nagpapahiwatig isang personal na kaugnayan sa Diyos. Sa OT ang mga saserdote ay sinasabing mana na galing sa Diyos at Siya ay sa kanila dahil wala silang tinanggap na inalaang lupain na gaya ng ginawa sa ibang mga angkan. Ang mismong tanong na ito ay nagpapahiwatig ang tao ay naniniwala na siya ay lubusang tinanggap ng Diyos, ngunit ninanais lamang na makatiyak.

▣ **"'buhay na walang hanggan'"** Ang konsepto ng isang kabilang-buhay (o eskatolohikong kaharian) ay nagmula sa mga talatang tulad ng Daniel 12:2 o Job 14:14; 19:25-27. Ang mga Fariseo ay pinaninindigan ang isang kabilang-buhay sa pisikal na mga termino. Sila ay nananalig na si YHWH ay magkakaloob sa kanila ng walang hanggang buhay dahil sa (1) kanilang panlahing pagkakilanlan (i.e., mga anak ni Abraham) at (2) kanilang kagalingan sa mga Pasalitang Tradisyon (i.e., Talmud).

**10:18 "mabuti"** Ito ay ginamit upang ipakita na ang tanging tunay na pamantayan ng paghahambing ay katuwiran ng Diyos. Ang terminong "matuwid" ay nagmula sa isang OT kayariang termino (i.e., tambong halaman sa ilog), na ginamit bilang isang pamantayan o panukat.

▣ **"'walang mabuti kundi isa lamang, ang Diyos'"** Si Hesus ay hindi gumagawa ng isang kapahayagan tungkol sa Kaniyang sariling kabutihan, ngunit nais Niyang alugin ang mababaw na pag-iisip ng tao tungkol sa Diyos at tunay na kabutihan (cf. Mateo 5:48). Ito ay maaaring isang OT pagkabanggit sa I Cronica 16:34; II Cronica 5:13; 7:3; Mga Awit 25:8; 86:5; 100:5; 106:1; 107:1; 118:1; Ezra 3:11.

Ang kaagapay sa Mateo ay binago ang tanong ng pinuno, "Guro, anong mabuting bagay ang dapat kong gawin upang aking makamtam ang walang hanggang buhay?" (Mateo 19:16). Ang pagbabagong ito ay nagbibigay ng isang palatandaan sa konsepto ng taong ito sa kabutihan at kaniyang kakayahan sa kabutihang ito (cf. 19:20).

**10:19 "'Nalalaman mo ang mga utos'"** Ito ay isang buod ng ang pangalawang kalahat ng Sampung Utos, na tumutukoy sa kung paano pakikitunguhan ng mga kasunduang kasama ang iba pa.

▣ **"'Huwag kang madaya'"** Ito ay tumutukoy sa pag-iimbot. Ang kautusang ito, na gaya ng naihayag, ay hindi bahagi ng ang Sampung Utos, o iyon ay matatagpuan sa ganitong anyo saanman sa OT. Gayundin, ang mga kaagapay sa Mateo 19:18-19 at Lucas 18:20 do wala ng pariralang ito. Gayunman, upang maging patas, ang lahat ng mga *Synoptics* ay hindi sumasang-ayon sa sipi ni Hesus ng Kautusan. Ito rin ay isang karaniwang suliranin ng patotoo ng saksi. Iyon tiyakang hindi nakakaapekto sa inspirasyon o pagkamatapat ng ang mga tala ng Ebanghelyo!

## NATATANGING PAKSA: ANG SAMPUNG UTOS (THE TEN COMMANDMENTS)

I. Mga Termino
   A. Sa literal, "Ang Sampung Salita" (cf. Exodo 34:28; Deuteronomio 4:13; 10:4).
   B. Clemente ng Alexandria tinawag na iyon na "Ang Decalogue" (*Deka Logous*) at ito ang sinusundan ng sinaunang mga ama ng iglesiya.
   C. Sa Bibliya iyon ay tinawag din na:
      1. "Kasunduan" (i.e., Hebreong *berith*, BDB 136, Exodo 34:28; Deuteronomio 4:13; 9:9)
         a. mula sa Akkadian, *barah*—kumain (i.e., isang karaniwang pagkain)
         b. mula sa Akkadian, *biritu*—itali o ikadena (i.e., isang bigkis sa pagitan ng mga tao)
         c. mula sa Akkadian, *birit*—sa pagitan (i.e., kaayusan sa pagitan dalawang partido)
         d. *baru*—isang pagpili (i.e., isang pananagutan)
      2. "Patotoo"—Exodo 16:34; 25:16 (i.e., ang dalawang tipak ng bato)

II. Layunin
   A. Sila ay naghahayag ng katangian ng
      1. natatangi at dapat paniwalaan (i.e., paniniwala sa iisang Diyos or monoteistiko)
      2. wasto, kapwa ukol sa lipunan at kapwa
   B. Sila ay para sa
      1. lahat ng mga tao dahil sila ay naghahayag ng kalooban ng Diyos para sa sangkatauhan at lahat ng mga tao ay nilikha sa larawan ng Diyos
      2. mga pangkasunduang mananampalataya lamang dahil iyon ay hindi mauunawaan at susundin na wala ang tulong ng Diyos
      3. C. S. Lewis—panloob na moral na kaunawaan kahit na sa mga katutubong angkan o tribo (taga-Roma 1:19-20; 2:14-15) ay ipinapakilala dito.
   C. Gayan ng lahat ng mga sinaunang kautasang kodigo, sila ay
      1. namamahala at sumusupil sa mga *interpersonal* na mga ugnayan
      2. maintain stability ng ang lipunan
   D. Kanilang pinagsama ang *heterogeneous* na pangkat ng alipin at mga tinapon sa Ehipto sa isang komunidad ng pananampalataya at kautusan. B. S. Childs, *Old Testament Library, Exodus*—"ang walong salungat na mga aspeto ay nagpapakita ng panlabas na hangganan ng hantungan ng kasunduan. Walang maliit na kasanan ngunit upang baliin ang pinaka-ugat ng kabuuan ng ugnayan ng Diyos at tao. Ang dalawang paayong mga aspeto ay nagpapakita ng kahulugan sa buhay sa loob ng kasunduan. Ang Decalogue ay tinitingnan ang kapwa panlabas at panloob; ito ay nagbabantay laban sa paraan ng kamatayan at tumuturo sa daan ng buhay" (p. 398).

III. Mga Kaagapay
   A. Biblikal
      1. Ang Sampung Salita ay naitala nang dalawang beses, sa Exodo 20 at Deuteronomio 5. Ang bahagyang pagkakaiba sa ika-4, ika-5, at ika-10 kautusan ay nagpapakita ng pag-aangkop ng mga pangkalahatang mga prinsipiyo sa mga magkaibang kalagayan.
      2. Gayunman, kanilang pagkakatulad ay patungo sa katiyakan na sila ay maihahatid.
      3. Sila ay maaaring binasa at pinagtibay sa bawat panahon, gaya ng pinapakita sa Josue 24.
   B. Pangkulutra
      1. Iba pang kodigo ng mga kautusan mula sa *ancient near East*
         a. Ur-Nammu (Sumerian, 2050 B.C.) mula sa lungsod ng Ur

b. Lipit-Ishtar (Sumerian, 1900 B.C.) mula sa lungsod ng Isin
c. Eshnunna (Akkadian, 1875 B.C.) mula sa lungsod ng Eshunna
d. Kodigo ni Hammurabi (Babylonian, 1690 B.C.) mula sa Babilonya ngunit Stela ay matatagpuan sa Susa

2. Ang anyo ng mga kautusan sa Exodo 20:18-23:37 ay lubhang karaniwang sa ibang sinaunang *Near Eastern* na mga kodigong kautusan. Gayunman, ang Sampung Salita ay isang natatangi anyo na nagpapahiwatig ng kanilang awtoridad (ika-2 panauhan ang nag-uutos—*apodictic*).
3. Ang pinakamalinaw pangkulturang kaugnayan ay sa *Hittite Suzerainty Treaties* ng 1450-1200 B.C. Ilang mabuting halimba ng pagkakatulad na ito ay makikita sa
   a. Ang Sampung Salita
   b. Ang aklat na ng Deuteronomio
   c. Josue 24

   Ang nga elemento ng mga kasunduang ito ay
   a. Pagkakilanlan ng Hari
   b. Pagpapahayag ng kaniyang dakilang mga gawa
   c. mga katungkulan sa kasunduan
   d. Pagtuturo para sa paglalagak ng kasunduan sa dambana para sa pangmadlang pagbabasa
   e. Ang mga diyos ng mga panig ay hinihiling bilang saksi
   f. Pagpapala para sa katapatan at mga sumpa para sa mga paglabag
4. Ilang mabuting sanggunian sa paksang ito
   a. George Mendenhall, *Law and Covenant in Israel and the Ancient Near East*
   b. Dewey Beegle, *Moses, The Servant of Yahweh*
   c. W. Bezalin, *Origin and History*
   d. D. J. McCarthy, *Treaty and Covenant*

IV. Panloob na Balangkas

A. Si Alt, sa kaniyang aklat, *The Origins of Israelite Law*, ay ang unang gumawa ng pagkakaiba sa pagitan *apodictic* at *casuistic*.
   1. Ang *casuistic* na karaniwang anyo ng ANE na Kautusan na naglalaman ng isang pasubali—"kung" = "samakatuwid"
   2. Ang *apodictic* na di-karaniwang anyo ay nagpapahayag ng isang tuwirang kautusan "Ikaw ay. . ." o "Huwag kang. . ."
   3. Si Roland de Vaux sa *Ancient Israel: Social Institutions*, tomo 1, p. 146, ay nagsasabi na ang *casuistic* ay pangunahing ginamit sa sekular na bahagi at ang *apodictic* sa banal o sagrado.

B. Ang Sampung Salita ay pangunahing salungat na kanilang pagpapakilala—8 ng 10. Ang anyo ay pangalawang panauhan na isahan. Sila sa alimnan ay ipinapahayag sa kabuuang komunidad ng Kasunduan, bawat isang miyembro, o kapwa!

C. Ang dalawang tipak ng bato (Exodo 24:12; 31:18) ay kadalasang pinapaliwanag bilang na kaugnay pataas at pahalang na mga aspeto ng Sampung Salita. Ang kaugnayan ng tao kay YHWH ay isinatitik sa apat na kautusan at kaugnayan ng tao sa ibang sa ibang mga tao sa iba pang 6 na kautusan. Gayunman, sa liwanag ng *Hittite Suzerain* na kasunduan, maaaring sila ay may dalawang sipi ng kabuuang tala ng mga kautusan.

D. Ang pangkasaysayan pagbibilang ng Sampung Salita
   1. Iyon ay malinaw na tayo ay may sampung panuntunan. Gayunman, ang tiyak na pagkakaiba ay hindi ipinagkaloob.
   2. Ang makabagong pang-Hudyong ay tinala ang 20:2 bilang unang kautusan. Upang mapanatili ang bilang sa sampu, ginawa nila ang talatang 3-6 na pangalawang kautusan.
   3. Ang Romano Katoliko at *Lutheran* na mga iglesiya, na sumusunod kay Augustino, ay ginawa ang Exodo 20:3-6 na unang kautusan at upang mapanatili ang bilang sa samptu, hinati ang talatang 17 sa dalawang magkahiwalay na kautusan.
   4. Ang mga *Reform* na iglesiya, na sumusunod Origen at ang sinaunang Silangan at Kanlurang mga iglesiya, ay idinidiin na nag Exodo 20:3 ay ang unang kautusan. Ito ang sinaunang Hudyong pananaw na kinakatawan nina Philo at Josephus.

V. Paano ay mga Kristiyano to Relate to ang Sampung Salita?

A. Ang mataas na pananaw ni Hesus sa Banal na Kasulatan ay naitala sa Pangangaral sa Bundok sa Mateo 5-7 at lalo na sa 5:17-48, na nagpapakita sa atin ng kabigatan ng tanong. Ang Kaniyang pangangaral ay halos tila batay sa Sampung Salita at kanilang wastong pagsasabuhay.

B. Ang mga teoriya ng kaugnayan
   1. Para sa mga mananampalataya
      a. Roy Honeycutt, *The Ten Commandments*
         (1) "Hindi natin mapaglalakihan ang Sampung Utos dahil hindi natin mapaglalakihan ang Diyos" (p. 7).

(2) "Dahil ang kautasan ay mga saksi ng Diyos, gayunman, mayroong isang kaunawaan sa kanilang kahalagahan at ang kahalagahan ng Diyos ay lubhang magkadigit na ito ay halos di-mapaghiwalay. Sa gayon, kung ang Diyos ay lubhang mahalaga para sa iyong buhay, ang mga Kautusan ay magiging malalalim ang kahalagahan dahil isinulat nila ang katangian at mga hinihingi ng Diyos" (p. 8).

b. Sa aking palagay, tayo ay kailangang makita ang mga alituntuning ito bilang nagmumula sa isang pananampalatayang ugnayan na naitatag na. Ang humiwalay sa kanila mula sa pananampalataya at pangako sa Diyos ay para wasakin sila. Samakatuwid, para sa akin, sila ay pangkalahatan sa ang kaunawaan na Diyos na nagnanais sa lahat ng mga tao makilala Siya. Sila rin ay nauugnay sa panloob na saksi ng Diyos sa Kaniyang kauuang pantaong nilikha. Si Pablo ay ipinapahayag ito sa taga-Roma 1:19-20; 2:14-15. Sa kaunawaang ito, ang Kautusan ay nagpapakilala ng isang gabay na liwanag na may isang nananahang kahalagahan sa lahat ng sangkatauhan.

2. Para sa lahat ng mga tao, sa lahat ng mga lipunan, para sa lahat ng panahon

a. Elton Trueblood, *Foundations for Reconstruction*

"Ang thesis ng munting aklat na ito ay na ang pagkakakuhang muli ng kautusang moral, na kinakatawan ng Hebreong Decalogue, ay isa sa mga paraan kung saan ang isang panlunas sa maaaring pagbaba ay matatagpuan matatagpuan" (p. 6).

b. George Rawlinson, *Pulpit Commentary*, "Exodo"

"Sila ang bumubuo para sa lahat ng panahon ng isang pinaikling buod ng pantaong katungkulan na nagdadala ng kabanalang sa kaniyang mukha, na akma sa bawat anyo ng pantaong lipunan, at na, habang pinagtitiisan ng mundo, ay hindi maluluma. Ang pagpapanatili ng Decalogue bilang pinakamainam na buod ng moral na kautusan ng mga Kristiyanong kumunidad ay pinapangatuwiranan sa ganitong bataya, at ang sarili nito mismo ay nagbibigay ng pagbibigay-diin na patotoo sa kagalingan ng kompendum" (p. 130).

3. Bilang isang kaparaan ng kaligtasan, sila ay hindi, o kailanman ay hindi magiging, ang kaparaan ng Diyos para sa ang espiritwal na katubusan ng nalugmok na tao. Maliwanag itong inihayag ni Pablo sa taga-Galacia 2:15-4:31 at taga-Roma 3:21-6:23. Sila ay nagsisilbing mga patnubay para sa tao sa lipunan. Sila ay nagtuturo sa Diyos at pagkatapos, sa ating kapwa tao. Ang di-makita ang unang sangkap ay di-makita ang <u>lahat</u>! Ang mga kautusang moral, na walang pagbabago, na nanirahan sa mga puso, ay isang larawan ng pagkalugmok ng kawalang pag-asa ng tao! Ang Sampung Utos ay mabisa, ngunit tanging bilang sa isang paghahanda na makatagpo ang Diyos sa gitna ng ating kawalang kakayahan. Kung tatanggalin mula sa katubusan, sila ay mga patnubay na walang gabay!

**10:20 "'ang lahat ng mga bagay na ito ay aking ginanap'"** Ang taong ito ay naisakatuparan ang lahat ng pang-relihiyong mga kinakailangan ng kaniyang kultura. Ang Apostol Pablo ay naramdaman din na kayang natupad ang pang-relihiyong mga kinakailangan (cf. Mga Gawa 23:1-2; taga-Filipos 3:6). Ang taong ito ay hindi nagsisinungaling. Siya naniniwalang siya ay walang-dungis sa harapan ng Diyos.

▣ **"mula sa aking kabataan"** Ito ay tumutukoy sa *Bar Mitzvah* na seremonya sa taong 13 kung saan ang isang batang lalaki ay naging isang nasa gulang na at may pananagulat sa patupad ng Kautusan.

**10:21 "pagtitig sa kaniya ni Jesus, ay giniliw siya"** Ito ay natatangi sa Marcos. Ang pag-ibig ni Hesus, gayunman, did hindi ibinaba ang mga pamantayan ng Kaharian ng Diyos. Nandito ang kabalintunaan ng walang pasubaling pag-ibig na hinihingi ang isang nararapat na pananampalatayang pagtugon.

▣ **"'Isang bagay ang kulang sa iyo'"** Ang punang ito ay katulad sa 12:34. Nakikilala ni Hesus na ang mga tao ay mga antas mas malapit o mas malayo mula sa tunay na Kaharian, na ay hindi nakabatay sa Mosaikong kagalingan o panlahing pagkakilanlan (cf. Juan 8:33), ngunit sa personal na pananampalataya sa Kaniya. Ang pang-relihiyong pinuno ay lumapit sa tamang espiritu, sa tamang persona, nagbigay ng tamang tanong, ngunit tila hindi nakagawa ng isang tiyak na pagpili! Hindi ibinaba ni Hesus ang pamantayan! Ang lalaki ay lumayo ng malungkol! Napakalapit at ngunit napakalayo!

▣ **"'ipagbili mo ang lahat mong tinatangkilik, at ibigay mo sa dukha. . .at sumunod ka sa akin'"** Ito ay nagpapakita ng radikal na kalikasan ng pananampalataya sa NT (cf. Lucas 14:33). Nalalaman ni Hesus ang inuuna ng taong ito. Upang maging isang Kristiyano, ang isa ay kailangang iwanan ang lahat ng ibang mga inuuna. Sa isang kaunawaan, ginagawa nitong totoong napakahirap ng Kristiyanismo! Sa kapahayagang ito, si Hesus ay nakatuon sa unang kalahati ng Sampung Utos kaugnay pagiging-unang pangako sa Diyos at Diyos lamang (cf. Mateo 5:20).

Ang tekstong ay hindi dapat maging isang kautusan para sa lahat ng mga mananampalataya (i.e., kahirapan ay pinakamainam sa Diyos). Iyon ay kailangang makita sa kaniyang konteksto. Ang espiritwal na kaugnayan sa pagitan ng Diyos at sangkatauhan ay kailangang maging una hight sa pisikal na kaugnayan (i.e., kayamanan, kasikatan, gawain,

pamilya, mga ari-arian, kahit na buhay mismo). Kung ang mga ari-arian ay masama sa kanilang sarili, bakit dapat nilang ipinagkaloob sa mahihirap?

Isa pang punto. Tayo ay palaging tumutuon sa hinihingi ni Hesus, ngunit hindi mo ba naisip na binigyan din ni Hesus ang taong ito di-matatawarang pag-uudyok. Kaniyang inanyayahang siya sa Kaniyang pangkat ng mga alagad! Ang kaniyang pagkakataon ay mas higit kaysa sa halaga nito!

▣ **"'magkakaroon ka ng kayamanan sa langit'"** Dahil sa paghihimagsik ng sangkatauhan, ang mga pagpapala ng Diyos ay inilaan para sa kabilang-buhay (cf. v. 30; Mateo 5-7). Ang mga tao ay kailangang nakahandang talikuran ang pang-mundong mga kayamanan bilang katibayan ng espiritwal na pagbabagong-buhay, hindi bilang isang batayan.

**10:22 "siya ay nahapis"** Ang terminong ito ay maaaring nauunawaan sa dalawang diwa: (1) nabigla o nagulat o (2) kalungkutang inihayag ng isang nakatungo o malumbay na mukha. Ang mga ito ay kapwa may kaugnayan sa kontekstong ito.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 10:23-27

**[23]At lumingap si Hesus sa palibotlibot, at sinabi sa kaniyang mga alagad, Kay hirap na magsipasok sa kaharian ng Diyos ang mga may kayamanan! [24]At nangagtaka ang mga alagad sa kaniyang mga salita. Datapuwa't si Hesus ay muling sumagot at nagsabi sa kanila, Mga anak, kay hirap na magsipasok sa kaharian ng Diyos ang mga magsisiasa sa mga kayamanan! [25]Magaan pa sa isang kamelyo ang dumaan sa butas ng isang karayom, kay sa isang mayaman ang pumasok sa kaharian ng Diyos. [26]At sila ay nangagtatakang lubha, na sinasabi sa kaniya, Sino nga kaya ang makaliligtas? [27]Pagtingin ni Hesus sa kanila'y nagsabi, Hindi maaari ito sa mga tao, datapuwat hindi gayon sa Diyos: sapagkat ang lahat ng mga bagay ay may pangyayari sa Diyos.**

**10:23 "At lumingap si Hesus sa palibotlibot"** Ang pagpapakilalang ito ay ginamit nang maraming beses upang ipakilala na napansin ni Hesus kung paanong ang Kaniyang mga katuruan ay nakaapekto sa iba (cf. 3:5,34; 5:32; 10:23; 11:11). Tanging Lucas 6:10 ang isang kaagapay. Ito ay natatanging ala-ala ni Pedro.

▣ **"'Kay hirap na magsipasok sa kaharian ng Diyos ang mga may kayamanan'"** Ito ay maaaring lubhang nakakagulat sa mga alagad (cf. v. 24). Ang OT tradisyunal na pananaw, batay sa Deuteronomio 27-28, ay ang kayamanan at kalusugan ay nauugnay sa pangkasunduang kagalingan at pagpapala ng Diyos. Ito mismong isyu na ipinahayag ng Job at Awit 73. Ang mga mayayaman ay gumagawi sa pagtitiwala sa kanilang sariling mga ari-arian sa halip na sa Diyos.

## NATATANGING PAKSA: KAYAMANAN (WEALTH)

I. Pananaw ng Lumang Tipan sa kabuuan
  A. Diyos ay ang may-ari ng lahat ng bagay
    1. Genesis 1-2
    2. I Cronica 29:11
    3. Awit 24:1; 50:12; 89:11
    4. Isaias 66:2
  B. Ang mga tao ay katiwala sa kayamanan para sa mga layunin ng Diyos
    1. Deutronomio 8:11-20
    2. Levitico19:9-18
    3. Job 31:16-33
    4. Isaias 58:6-10
  C. Kayamanan ay isang bahagi ng pagsamba
    1. ang dalawang mga ikapu
      a. Bilang 18:21-29; Deutronomio 12:6-7; 14:22-27
      b. Deutronomio 14:28-29; 26:12-15
    2. Kawikaan 3:9
  D. Kayamanan ay nakikita bilang isang kaloob mula sa Diyos para sa tipanang katapatan
    1. Deutronomio 27-28
    2. Kawikaan 3:10; 8:20-21; 10:22; 15:6
  E. Babala laban sa kayamanan sa kapakanan ng iba
    1. Kawikaan 21:6
    2. Jeremias 5:26-29
    3. Oseas 12:6-8
    4. Micas 6:9-12

F. Kayamanan ay hindi makasalanan sa kanyang sarili maliban na lang sa pagiging-una nito
   1. Awit 52:7; 62:10; 73:3-9
   2. Kawikaan 11:28; 23:4-5; 27:24; 28:20-22
   3. Job 31:24-28

II. Natatanging Pananaw ng Kawikaan
   A. Kayamanan inilagay sa larangan ng personal na pagsasagawa
      1. kakuparan at katamaran ay ipinagbabawal—Kawikaan 6:6-11; 10:4-5,26; 12:24,27; 13:4; 15:19; 18:9; 19:15,24; 20:4, 13; 21:25; 22:13; 24:30-34; 26:13-16
      2. ang kasipagan ay itinataguyod—Kawikaan 12:11,14; 13:11
   B. Kahirapan laban sa kayamanan ay ginamit upang ilarawan ang katuwiran laban sa kasamaan—Kawikaan 10:1ff; 11:27-28; 13:7; 15:16-17; 28:6,19-20
   C. Karunungan (pagkilala sa Diyos at sa Kanyang Salita at pamumuhay sa kaalamang ito) ay mas mainam kaysa sa mga kayamanan—Kawikaan 3:13-15; 8:9-11,18- 21; 13:18
   D. Mga babala at paalala
      1. mga babala
         a. mag-ingat sa paggagarantiya sa utang ng kapitbahay (garantya)—Kawikaan 6:1-5; 11:15; 17:18; 20:16; 22:26-27; 27:13
         b. mag-ingat sa pagiging mayaman sa pamamagitan ng masamang paraan—Kawikaan 1:19; 10:2,15; 11:1; 13:11; 16:11; 20:10,23; 21:6; 22:16,22; 28:8
         c. mag-ingat sa pangungutang—Kawikaan 22:7
         e. kayamanan ay hindi makakatulong sa araw ng paghuhukom—Kawikaan 11:4
         f. kayamanan ay may maraming mga "kaibigan"—Kawikaan 14:20; 19:4
      2. mga pagpapaalala
         a. ang pagiging mapagbigay ay itinataguyod—Kawikaan 11:24-26; 14:31; 17:5; 19:17; 22:9,22-23; 23:10-11; 28:27
         b. katuwiran higit sa kayamanan—Kawikaan 16:8; 28:6,8,20-22
         c. panalangin para sa pangangailangan, hindi para sa kasaganaan—Kawikaan 30:7-9
         d. pagbibigay sa mahihirap ay pagbibigay sa Diyos—Kawikaan 14:31

III. Pananaw ng Bagong Tipan
   A. Hesus
      1. kayamanan ay nagbubuo ng natatanging pagtutukso na magtiwala sa ating mga sarili at sa ating mga kayamanan sa halip na sa Diyos at sa Kanyang mga ari-ariaan
         a. Mateo 6:24; 13:22; 19:23
         b. Marcos 10:23-31
         c. Lucas 12:15-21,33-34
         d. Pahayag 3:17-19
      2. Diyos ay magtutustos sa ating pisikal na mga pangangailangan
         a. Mateo 6:19-34
         b. Lucas 12:29-32
      3. ang pagtatanim ay may-kaugnayan sa pag-aani (espiritwal gayundin sa pisikal)
         a. Marcos 4:24
         b. Lucas 6:36-38
         c. Mateo 6:14; 18:35
      4. Pagsisisi ay nakakaapekto sa kayamanan
         a. Lucas 19:2-10
         b. Levitico5:16
      5. ekonomik na paglulustay ay kinokundina
         a. Mateo 23:25
         b. Marcos 12:38-40
      6. pangwakas-na panahon na paghahatol ay may kaugnayan sa ating paggamit ng kayamanan—Mateo 25:31-46
   B. Pablo
      1. praktikal na pananaw gaya ng sa Kawikaan (trabaho)
         a. taga-Efeso 4:28
         b. I taga-Thesalonica 4:11-12
         c. II taga-Thesalonica 3:8,11-12
         d. I Timoteo 5:8
      2. espiritwal na pananaw gaya ng kay Hesus (mga bagay ay nawawala, maging kontento)
         a. I Timoteo 6:6-10 (kapanatagan)
         b. taga-Filipos 4:11-12 (kapanatagan)

c. Hebreo 13:5 (kapanatagan)
d. I Timoteo 6:17-19 (pagkamapagbigay at pagtitiwala sa Diyos, hindi sa kayamanan)
e. I taga-Corinto 7:30-31 (transpormasyon ng mga bagay)

IV. Mga konklusyon
A. Walang sistimatikong biblikal na teolohiya patungkol sa kayamanan.
B. Walang naglalarawan na sipi sa paksang ito, Samakatuwid, ang mga kabatiran ay dapat na kumuha mula sa ibat-ibang mga sipi. Mag-ingat na huwag basahin ang iyong mga pananaw sa nag-iisang mga teksto.
C. Kawikaan, na isinulat ng mga marurunong na mga tao (mga maalam), ay may kakaibang perspektibo kaysa sa ibang mga tipo ng biblikal
D. Ang ating panahon ay nangangailangan ng pagsusuri ang mga pananaw nito at ang mga kasanayan patungkol sa kayamanan ayon sa Bibliya. Ang ating mga priyoridad ay nailagay sa mali kung ang kapitalismo o komunismo ang ating tanging gabay. Bakit at paano ang isa ay magiging matagumpay ay mas higit mahalagang mga katanungan kaysa sa kung gaaano ang kanyang naimpok.
E. Ang pagtitipon ng kayamanan ay dapat na timbangin ng tunay na pagsamba at pananagutan ng pagiging katiwala (cf. II taga-Corinto 8-9).

**10:24 "'Mga anak'"** Tinawag ni Hesus ang mga alagad sa terminong Kaniyang ginamit Kaniyang naunang katuruang pagpupulong (cf. vv. 13-16). Pinapalakas nito na ang "mga anak" ay tumutukoy sa matatandang mga mananampalataya.

▣ **"'kay hirap na magsipasok sa kaharian ng Diyos'"** Ito ay isang nakakagulat na kapahayagan. Ang kaligtasan ay isang walang-bayad na kaloob sa natapos na gawain ni Kristo para sa kaninuman na tutugon sa pamamagitan ng pagsisisi at pananampalataya. Ang suliranin ay dumarating kapag iniisip natin na tayo ay karapatdapat o marapat dito! Ang pananampalataya ay mahirap para sa mayabang, makasarili, at nalugmok na sangkatauhan. Ninanais nating mapaigi kung ang ating kaugnayan sa Diyos ay mahirap at hindi madali upang tayo ang kumuha ng kapalaluan sa ating pagtamo nito, ngunit, ang paraan ng Diyos ng pagsisisi at pananampalataya ay mapanghamak sa nalugmok na sangkatauhan, lalo na sa mayaman, edukado, tinatanging sangkatauhan.

Dahil talatang ito ay lubhang maikli at malaman, maraming sinaunang mga eskriba ay sinubukang hanggan ang saklaw nito sa pagdaragdag ng isang nararapat na parirala (cf. Bruce M. Metzger's *A Textual Commentary on the Greek New Testament*:

1. "para sa kanilang nagtitiwala sa mga kayamanan" na matatagpuan sa MSS A, C, D, at ang Textus Receptus
2. "isang mayamang tao" sa MS W
3. "silang may mga pagmamay-ari" sa minuskulang 1241

**10:25 "'isang kamelyo ang dumaan sa butas ng isang karayom'"** Tulad ng Mateo 23:24, ang pariralang ito ay isang Silanganing labis na kapahayagan. Maraming mga eskriba at maraming mga tagapagpaliwanag ang sumubok na ipaliwanag ang kapahayagang ito bilang (1) isang paglalaro ng salita sa pagitan "kamelyo" (*kamēlos*) at "lubid" (*kamilus*), na nagmula sa ang ikalimang siglo o (2) gumagamit ng "butas ng karayom" upang tumukoy sa isang maliit na pasukan sa isa sa mga malaking pasukan ng Herusalem, ngunit alinman ay walang pangkasaysayan katibayan (cf. Fee at Stuart, *How To Read the Bible For All Its Worth*, p.21). Ang mga pagtatangka ay nalilimutan ang punto ng eksaherasyon (cf. Mateo 19:24; Lucas 18:25).

**10:26 "nangagtataka"** Ang Marcos ay kadalasang gumagamit ng terminong ito (*ekplēssomai*) upang ilarawan kung paano naapektuhang ang mga taon sa mga katuruan at mga gawa ni Hesus (cf. 1:22; 6:2; 7:37; 10:26; 11:18; at isang kasingkahulugang *thambeō* sa 10:24). Ang mensahe ni Hesus ay lubhang naiiba sa mga rabbi, kapwa sa anyo (i.e., Kaniyang awtoridad) at mensahe (i.e., ang kalikasan ng Kaharian).

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"na sinabi sa Kaniya"** |
| **NKJV** | **"nagsisabi sa kanilang mga sarili"** |
| **NRSV** | **"nagsabi sa bawat isa"** |
| **TEV** | **"nagtanong sa isa't-isa"** |
| **NJB** | **"nagwika sa isa't-isa"** |

Ang nagkakaibang mga salin ay maiuugnay sa iba't-ibang Griyegong kasulatan mga kaibahan.

1. NKJV, MSS A, D, W, at Textus Receptus
2. NRSV, TEV, NJB, MS M* at ang Peshitta na salin
3. NASB, MSS א, B, at C
4. isang minuskulang kasulatan (i.e., 569) at ilang Koptikong mga salin ay tinatanggal ang parirala, gaya ng sa Mateo 19:25 at Lucas 18:26

**10:27** Ang pagbibigay-diin ng talatang ito sa biyaya ng Diyos ay isang malugod na pagtitimbang sa radikal na kalikasan ng pagiging alagad sa NT. Ang mga tao ay walang kakayahang lumapit sa isang banal na Diyos, ngunit ang kahanga-hanga, kataka-takang katotohanan ay Siya ang lumapit sa atin!

Ang wikaing ito ay maaaring isang OT pagkabanggit sa Genesis 18:14 o Jeremias 32:17,24. Ang tanging pag-asa ng sangkatauhan ay ang katangian, mga pangako, at mga gawa ng isang tunay na Diyos!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 10:28-31**

**[28]Si Pedro ay nagpasimulang magsabi sa kaniya, Narito, iniwan namin ang lahat, at nagsisunod sa iyo.**
**[29]Sinabi ni Hesus, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Walang taong nagiwan ng bahay, o mga kapatid na lalake, o mga kapatid na babae, o ina, o ama, o mga anak, o mga lupa, dahil sa akin, at dahil sa ebanghelyo, [30]Na hindi siya tatanggap ng tigisang daan ngayon sa panahong ito, ng mga bahay, at mga kapatid na lalake, at mga kapatid na babae, at mga ina, at mga anak, at mga lupa, kalakip ng mga paguusig; at sa sanglibutang darating ay ng walang hanggang buhay. [31]Datapuwa't maraming nangauuna ay mangahuhuli; at nangahuhuli na mangauuna.**

**10:28 "'iniwan namin. . .at nagsisunod sa iyo'"** Ito ay isang AORIST TAHAS NA MAY PAHIWATIG (i.e., minsang iniwan para sa lahat), na sinusundan ng isang GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG (i.e., nagpapatuloy sa isang kalagayan ng pagiging alagad). Sa isang kaunawaan, si Pedro ay muling nagsalaysay ng kapasiyahan ng mga alagad na maging mga tagasunod ni Hesus. Maaaring sinusubukan ni Pedro na ihambing ang kanilang mga pangako sa hinihingi ni Hesus sa mayaman, batang pinuno.

**10:29** Ang talatang ito ay nagtatala ng ilang karaniwang mga aspeto ng Hudyong lipunan na kinapapalooban ng Kaniyang mga tagasunod. Iyon din ay maliwanag na nag-uugnay sa kanilang pangako to Kaniya ng alagad mismo (i.e., "para sa Aking kapakanan") at Kaniyang mga katotohanan (i.e., "ang kapakanan ng Ebanghelyo").

Ang sinaunang iglesiya ay naapektuhan ng Griyegong asetisismo, lalo na ang di-pagkakaroon ng asawa. Iyon ay nakakawili na ang mga asawang babae ay hindi tiyakang binanggit sa mga tala. Ito ay maaaring nagpapahiwatig na kasal ay hindi isang bagay na inasahang sa kanilang isuko. Gayunman, ang pagsasama ng "mga anak" ay maaaring nagpapakita na ang mga asawang babae ay isinama sa pariralang "iniwan ang bahay." Ang pagiging-una ng pangako kay Hesus ay kailangang pumalit kahit na sa pamilya (cf. I Timoteo 5:8). Hindi ito nagpapahiwatig ng pagkasoltero, ngunit kung saan dapat manahan ang katapaatan.

**10:30** Inilalarawan ni Hesus ang kaharian ng Diyos sa (1) napaka-pangmundong paraan na kaagapay sa kaung ano ang "iniwan" ng mga alagad sa ito buhay at (2) kaugnayan nito sa kasalukuyang kaayusan ng mundo. Ang ilang sa mga makasandaang beses na pagpapala ay natamasa na ngayon sa pagiging bahagi ng Bayan ng Diyos. Ang karaniwang pampamilyang mga termino ay talagang tinitiyak na ang pamilyang buhay na naapektuhan ng pagiging alagad ay naipanumbalik sa pamamagitan ng mas malaking pamilya—ang pamilya ng Diyos. Hindi ako naniniwala na ang pariralang ito ay nangahulugan ng pangako ng kasaganahan ng mga materyal na bagay sa buhay na ito, gaya ng ginawa sa Deuteronomio 27-28. Kung iyong ilalagay ang mga pagpapala sa isang gantimpala-sa-paglilingkod na balangkas, ngayon, bakit biyaya? Ang mga materyal na pagpapala ay hindi ang karanasan ng lahat ng maka-Diyos na mga mananampalataya, ngunit ang kagalakan at kasaganahana na nararanasan ng mas malaking Kristiyanong pamilya!

▣ **"kalakip ng mga paguusig"** Ito ay isang nakakagulat na pagsasama, natatangi sa Marcos. Ang mga Kristiyano ay uusigin sa nalugmok na panahong ito (cf. Mateo 5:10-12; taga-Roma 8:17; II taga-Corinto 1:5,7; taga-Filipos 3:10; II Timoteo 2:9-12; I Pedro 4:12-16). Ang pag-uusig na ito ay nagdudulot ng maraming maka-Diyos na mga layunin: (1) katibayan na tayo ay ligtas; (2) kaparaanan ng Diyos sa paghubog sa atin sa pagiging wangis ni Kristo; at (3) patunay na hahatulan ang mundo.

▣ **"sa sanglibutang darating"** Ang *interbiblical* na Judaismo (mga rabbi at mga manunulat ng Dead Sea Scroll) ay nakita ang kasaysayan sa dalawang panahon. Ang kasalukuyang masamang panahon ay pinangingibabawan ng pang-anghel at pantaong paghihimagsik at ang panahon kung saan ang Diyos ay pumasok sa kasaysayan sa pamamagitan ng Mesias at magtatakda ng isang bagong panahon, isang panahon ng katuwiran at kapayapaan. Ito ay minsan inilarawan sa pang-mundong kasaganahan na sumusunod sa Deuteronomio 27-28 (cf. Amos 9:13-15) at minsan sa isang "bagong langit at isang bagong mundo" (cf. Isaias 56-66). Mula sa NT iyon ay malinaw na ang bagong panahon (i.e., ang Kaharian ng Diyos) ay naitatag sa pagkakatawang-tao ng Kristo sa Bethlehem, ngunit iyon ay hindi pa ganap ang kalubusan. Ang NT ay maliwanag na nagpapahayag ng ang dalawang pagdating ng Mesias, ang una bilang Nagdurusang Lingkod ng Isaias 53 at pangalawa bilang Hari ng Mga Hari. Ang mga Kristiyano ay nabubuhay sa "nandito na, ngunit hindi pa" ng pagsasanib ng dalawang pang-Hudyong panahon na ito. Bilang mga tagasunod ni Kristo, tayo ay pinagpalang espiritwal sa kapwa mga panahon (cf. taga-Efeso 2:5-6). Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Panahong Ito at ang Darating na Panahon 13:8.

▣ **"walang hanggang buhay"** Ito ang tinatanong ng mayamang binatang pinuno—buhay kasama ang Diyos, uri ng buhay sa Diyos. Ang Marcos ay gumagamit ng pang-uri (*aiônios*) para sa isang walang hanggang kasalanan sa 3:29 at walang hanggang buhay dito. Ito ay tumutukoy sa buhay (i.e., *zôa*) ng bagong panahon, ang buhay ng Kaharian ng Diyos.

Iyon ay mak Kristo, ngunit ganap na malulubos sa Kaniyang pagdating (i.e., *parousia* = nandito).

Ang paglalarawang parirala na ito ay tila di-karaniwang sa mga Sinoptikong Ebanghelyo, ngunit lubhang karaniwang sa Juan. Ito ay isang susing parirala sa kabuuan ng mga sulat ni Juan (cf. Juan 3:15; 4:36; 5:39; 6:54,68; 10:28; 12:25; 17:2,3; I Juan 1:2; 2:25; 3:15; 5:11,13,20). Tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggan sa 3:29.

**10:31 "nangauuna ay mangahuhuli"** Ito ay isang nakakagulat na espiritwal na katotohanan (cf. Mateo 19:30; 20:16). Ang tunay na kayamanan at kalagayan ay walang kinalaman sa mga pang-mundong pamantayan (cf. Isaias 55:8-9). Ang ganitong pagbabaliktad ng mga tungkulin ay salungat sa kaisipan ng mga alagad na katuwiran sa mga gawa sa OT (cf. Mateo 19:30; Lucas 13:30). Tingnan si Gordon Fee, *The Disease of the Health and Wealth Gospel*.

Ito ay maaaring tinuon sa pagbubulalas ni Pedro sa kanilang mga pagsasakripisyo upang maging mga alagad (cf. 10:28). Ang talatang ito ay nagtatakda ng teolohikong yugto para sa 10:41-45. Si Hesus, ang eskatolohikong Hari ng Mga Hari, ay naging ang Naghihirap ng Lingkod ng Isaias 52:13-53:12! Ang mga mananampalataya ay kailangang tularan ang Kaniyang buhay/kamatayan/paglilingkod (cf. I Juan 3:16). Ang ebanghelyo ay paglilingkod, hindi kapangyarihan; pag-ibig, hindi lakas!

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 10:32-34

**[33]Na sinasabi, Narito, nagsisiahon tayo sa Herusalem; at ibibigay ang Anak ng tao sa mga pangulong saserdote at sa mga eskriba; at siya ay kanilang hahatulang patayin, at ibibigay siya sa mga Gentil: [34]At siya ay kanilang aalimurahin, at siya ay luluraan, at siya ay hahampasin, at siya ay papatayin; at pagkaraan ng tatlong araw ay magbabangon siyang muli.**

**10:32 "nangasa daan"** Sa OT, ang talinghaga ng isang paraan o daan ginamit upang ilarawan ang maka-Diyos na buhay (cf. Mga Awit 23:3; 32:8; 50:23; 119:1; 139:3; Prov. 2:12-15; 4:18; 12:28; 15:24). Iyon din ay naglalarawan ng ministeryo ni Juan Bautista sa paghahanda ng "daan ng Panginoon" (cf. Isaias 40). Sa Mga Gawa, ang pinakanauhang titulo para sa iglesiya ay "ang Daan" (cf. 9:2; 19:9,23; 22:4,14,22).

Ang Marcos ay tila binalangkas ang kaniyang Ebanghelyo na nakapalibot sa biblikal na talinghaga ng pamumuhay pananampalataya (cf. 1:2,3; 8:27; 9:33,34; 10:32,52). Si Hesus ay nasa isang paglalagbay sa krus (cf. 10:45).

▣ **"nangunguna sa kanila si Hesus"** Ito ay maaaring tumutukoy sa Apostolikong pangkat o isang pangkat ng mga manlalakbay na patungo sa pista sa Herusalem.

▣ **"sila ay nangagtaka; at ang nangagsisisunod ay nangatakot"** Ang pariralang ito ay dapat na maiugnay sa tatlong naunang mga propersiya ni Hesus tungkol sa Kaniyang pagdurusa at kamatayan sa Herusalem sa mga kamay ng Hudyo at mga Romanong pinuno. Nalalaman ni Hesus kung ano ang Kaniyang kinahaharap dito at ngunit Siya ay kumikilos patungo dito nang may kabilisan at tapang. Maaaring sila ay nag-aala tungkol sa kung paano ang Kaniyang pagdurusa at kamatayan ay makakaapekto sa kanila!

▣ **"muling kinuha niya ang labingdalawa"** Ito ang ikaapat na prediksyon ng pagdurusa at kamatayan ni Hesus (cf. 8:31; 9:12;31). Ito ang pinaka madetalye sa mga hula ni Hesus. Natataman Niya ang tiyak na mangyayari sa Kaniya (cf. 10:45). Ang mga alagad ay patuloy na hindi maunawaan ang layunin at pangangailangan nito (cf. 9:32; Lucas 9:45; 18:34).

▣ **"nagpasimulang sinabi sa kanila ang mga bagay na sa kaniya ay mangyayari"** Karamihan ng MGA PANDIWA sa v. 32 ay MGA DI-GANAP, na tumutukoy sa inulit na pagkilos. Sa palagay ko, ito rin ay tumutukoy inulit propesiya ni Hesus tungkol sa Kaniyang pagdurusa; samakatuwid, "nagsimula" ay maling salin ng DI-GANAP (cf. TEV).

Sa isa kaunawaang, si Hesus ay naghahayag ng Kaniyang kapangyarihan at awtoridad sa pagkaalam ng panghinaharap at may kapamahalaan sa Kaniyang sariling kamatayan at muling pagkabuhay (cf. Juan 10:17-18).

**10:33 "'Anak ng Tao'"** Tingnan ang tala sa 8:38c.

▣ **"bibigay sa mga pangulong saserdote at sa mga eskriba"** Ito ay isang paglalarawang parirala para sa Sanhedrin (cf. 14:43ff) na mataas na hukuman para sa mga Hudyo, bagaman noong unang siglo iyon ay mayroong lamang limitadong awtoridad. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 12:13.

Hinulaan ni Hesus ang reaksyon ng Sanhedrin. Ang matagumpay na pagpasok ni Hesus sa Herusalem at Kaniyang paglilinis ng ang Templo ang nagtakda ng Kaniyang kahihinatnan. Ang unang pagkilos ang nagpasiklab ng galit ng mga Fariseo at ang pangalawang pagkilos ang nagpasiklab ng galit ng mga Saduceo.

▣ **"ibibigay siya sa mga Hentil"** Ito ay tumutukoy sa Romanong hukbong pagsakop (cf. 15:1). Ang Sanhedrin ay walang kapangyarihan sa kaparusahang kamatayan; tanging sa pamahalaang Romano.

**10:34 "siya ay kanilang aalimurahin"** Ito ay natupad ng mga Romanong sundalo sa 15:16-20. Hindi tinala ni Marcos

ang naunang paglilitis kay Hesus ni Herodes Antipas (cf. Lucas 23).

▣ **"siya ay luluraan"** Ito ay isang tanda sa OT ng pag-alipusta (cf. Bilang 12:14; Deuteronomio 25:9; Job 17:6; 30:10; Isaias 50:6). Ang mga Romanong sundalo ay binuhos ang kanilang galit sa lahat ng mga Hudyo at kanilang natatanging paraan kay Hesus (cf. 14:65).

▣ **"hahampasin"** Ang paghampas ay isang karaniwang ginagawa bago sa pagpapapako sa krus (cf. 15:15). Ang mga kamay ng tao ay nakatali sa isang mababang kahoy. Ang isang sundalo ay ginamit isang latigo na gawa sa mga piraso ng bato, bakal, o buto na nakatli sa mga dulo ng mga pilas ng balat na halos dalawang talampakan ang haba upang hampasin ang bilanggo sa likuran. Ang pagkilos ng latigo ay pupuniting bukas ang katawan at papagulungin ang mga ngipin at kahit na ang mga mata. Maraming mga bilanggo ang namatay mula sa ito paglatigo lamang. Iyon ay isang malupit na pagpaparusa (cf. Isaias 52:14).

▣ **"at pagkaraan ng tatlong araw"** Ito sa literal ay "pagkaraan ng tatlong araw." Ang yugto ng panahong ito ay maaaring inuugnay sa karanasan ni Jonah (cf. Mateo 12:39-41; 16:4,21; Lucas 11:39,32). Iyon ay binanggit ni Pablo sa kaniyang buod ng ebanghelyo sa I taga-Corinto 15:4.

Ginamit ni Hesus ang "ikatlong araw" na propesiya kaugnay sa dalawang mga pangyayari: (1) Kaniyang muling pagkabuhay mula sa *Hades* (cf. 8:31; 9:31; 10:34), ngunit gayundin, ang (2) Kaniyang pagtatayo ng isang bagong templo (cf. 14:58; 15:29; Juan 2:19; Mga Gawa 6:14).

Mayroong isang Griyegong kasulatan kaibahan na nauugnay sa pariralang ito. Sa mga kaagapay (Mateo 20:19 at Lucas 18:33) mayroong parirala "sa ikatlong araw." Ito ay matatagpuan dito sa Marcos sa MSS A at W. Gayunman, Marcos's katangiang pagbigkas ay matatagpuan sa 8:31 at 9:31 ay "pagkatapos ng tatlong araw," na makikita sa MSS א, B, C, D, at L.

▣ **"magbabangon siyang muli"** Ito ay isang PANGHINAHARAP NA PANGGITNANG MAY PAHIWATIG. Iyon ay tumutuon sa pagbangon ni Hesus sa Kaniyang sarili (cf. Juan 10:17-18). Karamihan sa mga talatang ito sa muling pagkabuhay ni Kristo ay BALINTIYAK NA TINIG, na tumutuon sa Diyos Ama bilang kinatawan sa muling pagkabuhay na nagpapakita ng Kaniyang pagtanggap sa sakripisyon ni Hesus. Sa isang kaunawaan, ang lahat ng Trinidad ay kasangkot sa muling pagkabuhay ni Hesus (i.e., ang Espiritu sa taga-Roma 8:11). Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Muling Pagkabuhay sa 8:31

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 10:35-40

**[35]At nagsilapit sa kaniya si Santiago at si Juan, na mga anak ni Zebedeo, na sa kaniya'y nagsisipagsabi, Guro, ibig naming iyong gawin sa amin ang anomang aming hingin sa iyo. [36]At sinabi niya sa kanila, Ano ang ibig ninyong sa inyo'y aking gawin? [37]At sinabi nila sa kaniya, Ipagkaloob mo sa amin na mangakaupo kami, ang isa'y sa iyong kanan, at ang isa'y sa iyong kaliwa, sa iyong kaluwalhatian. [38]Datapuwa't sinabi sa kanila ni Hesus, Hindi ninyo nalalaman ang inyong hinihingi. Mangakaiinom baga kayo sa sarong aking iinuman? o mangababautismuhan sa bautismo na ibinautismo sa akin? [39]At sinabi nila sa kaniya, Kaya namin. At sinabi sa kanila ni Hesus, Ang sarong aking iinuman ay iinuman ninyo; at sa bautismo na ibinautismo sa akin ay babautismuhan kayo; [40]Datapuwa't ang maupo sa aking kanan o sa aking kaliwa ay hindi ako ang magbibigay; datapuwat yaon ay para sa kanila na mga pinaghakamayaan.**

**10:35 "mga anak ni Zebedeo"** Ang Mateo 20:20 ay nagsasabing ang kanilang ina ang nagtanong ng katanungan.

▣ **"'ibig naming iyong gawin sa amin ang anomang aming hingin sa iyo'"** Bawat panahon hinuhulaan ni Hesus ang Kaniyang pagdurusa at kamatayan, ang Kaniyang mga alagad ay nagsimulang magplano kung sino ang papalit sa Kaniyang lugar bilang pinuno! Ang kanilang pananaw sa pag-iisip ay nasa pang-mundong kaharian pa rin at kanilang sarili bilang pamumuno. Ang mga alagad ay hind naunawaan ito hanggang sa Pentecost!

Sa isang kaunawaan, ang pangyayaring ito ay naitala upang ipakita kung gaano kalaki ang hindi nauunawaan ng mga alagad (cf. Lucas 18:34). Ito ay napakasakit na kabalintunaan!

**10:37 "'kanan. . .kaliwa'"** Nais nila ang mga lugar ng karangalan at awtoridad. Ang pangyayaring ito ay nagpapakita na si Pedro ay hindi tanggap bilang hayagang pinuno ng apostolikong pangkat. Ang kaniyang pagkatao ay nagdulot sa kaniya na palaging unang magsalita, ngunit hindi nila ipinagpapalagay siya bilang kanilang pinuno.

▣ **"'sa iyong kaluwalhatian'"** Ang Mateo 20:21 ay may "sa iyong kaharian." Sa Marcos, iyon ay tumutukoy sa nakikitang kapahayagan ng eskatolohikong kaharian ng Diyos (8:38; 10:37; 13:36).

## NATATANGING PAKSA: KALUWALHATIAN (*DOXA*) (GLORY (*DOXA*))

Ang biblikal na konsepto ng "kaluwalhatian" ay mahirap maipaliwanag. Ang LXX ay ginamit ang *doxa* upang

isalin sa mahigit dalawampung Hebreong salita. Ito ay ginamit nang maraming beses sa kabuuan ng NT sa maraming paraan. Ito ay tumutukoy sa Diyos, Hesus, mga tao at ang pang-Mesias na Kaharian.

Sa OT ang karaniwang salitang Hebreo para sa "kaluwalhatian " (*kabod*, BDB 217) ay isang orihinal na katagang pangkalakalan na tumutukoy sa isang pares na timbangan, sa pang-literal, "maging mabigat" Na anumang mabigat ay mahalaga o may likas na halaga. Kadalasan ang konsepto ng kaningningan ay idinadagdag sa salita para maipakita ang kataasan ng Diyos. (cf. Exodo 19:16-18; 24:17; 33:18; Isaias 60:1-2). Siya lamang ang karapat-dapat at marangal (cf. Mga Awit 24:7-10; 66:2; 79:9). Siya rin ay lubhang makinang para pagmasadan, kaya siya ay nababalutan ng ulap, kamay o usok (cf. Exodo 16:7, 10; 33:17-23; Isaias 6:5). Si YHWH ay totoong makikilala lamang sa pamamagitan ni Kristo (cf. Juan 1:18; 6:46; 12:45; 14:8-11; taga-Colosas 1:15; 1 Timoteo 6:16; Hebreo 1:3; 1 John 4:12).

Para sa isang lubusang pagtalakay, tingnan ang Natatanging Paksa: Kaluwalhatian (OT). Ang kaluwalhatian ng mga mananampalataya ay kanilang pagkaunawa ng ebanghelyo at kaluwalhatian sa Diyos, hindi ng kanilang mga sarili (cf. 1 taga-Corinto 1:29-31; Jeremias 9:23-24). Para sa isang detalyadong pagtalakay, tingnan ang NIDOTTE, tomo 2, pp. 577-587.

**10:38 "'Hindi ninyo nalalaman ang inyong hinihingi'"** "Hinihingi" ay PANGGITNANG TINIG, na tumutuon sa paksa, "ikaw sa iyong sarili." Ang susunod na parirala "ay maykakahayan ka" ay PANGGITNANG TINIG din.

▣ **"ang saro"** Ito ay ginamit sa OT sa kahihinatnan ng tao, kadalasan sa isang salungat na kaunawaan (cf. Mga Awit 75:8; Isaias 51:17-23; Jeremias 25:15-28; 49:12; 51:7; Panaghoy 4:21-22; Ezekiel 32:34; Habbakuk 2:16; Zacarias 12:2). Ito ay ang mismong talinghaga na ginamit ni Hesus sa Gethsemane (cf. 14:36) para sa Kaniyang pagpapapako sa krus.

▣ **"'ang bautismo na ibinautismo sa akin'"** Ito ay isang talinghaga ng pagdurusa, kahit na ng kamatayan (cf. Lucas 12:50). Ang Kaniyang kaluwalhatian ay kinapapalooban ng pagpapakasakit (cf. Hebreo 2:18; 5:8).

**10:39** Ang mga pinuno ay kasangkot sa katulad na pag-uusig at mga maling pagkaunawa na naranasan ni Hesus (i.e., Santiago sa Mga Gawa 12:2 at Juan sa Pahayag 1:9).

**10:40 "'ay para sa kanila na mga pinaghakamayaan'"** Ito ay isa pang halimbawa ng pagpapasakop ni Hesus sa plano at layunin ng Ama. Mayroong isang plano ang Diyos (cf. Mga Gawa 2:3; 3:18; 4:28; 13:29). Ang sinaunang Alexandrianong teksto (MS A*) ay nagdaragdag ng "sa pamamagitan ng Ama," na matatagpuan din sa Mateo 20:23.

Ang sinaunang ansialong Griyegong mga kasulatan ay isinulat lahat sa malalaking titik na walang patlang sa pagitan ng mga salita, walang pagbabantas o pagtatalata. Minsan, ang pagpapasya kung paano hahatiin ang pangungusap sa mga salita ay nakakalito. Ang pangungusap na ito ay maaaring hatiin sa dalawang paraan (cf. *Interpreting the New Testament* nina Hans Conzelmann at Andreas Lindemann na isinalin ni Siegfried S. Schotzmann, p. 22)

1. "kanino ito pinakakahulugan"
2. "iyon ay pinakakahulugan para sa iba" (cf. mga saling Syriac).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 10:41-45

**[41]At nang marinig ito ng sangpu, ay nangagpasimula silang mangagalit kay Santiago at kay Juan. [42]At sila ay pinalapit ni Hesus sa kaniya, at sa kanila'y sinabi, Nalalaman ninyo na yaong mga inaaring mga pinuno ng mga Gentil ay nangapapapanginoon sa kanila; at ang sa kanila'y mga dakila ay nagsisigamit ng kapamahalaan sa kanila. [43]Datapuwa't sa inyo ay hindi gayon: kundi ang sinomang ibig na dumakila sa inyo, ay magiging lingkod ninyo; [44]At ang sinoman sa inyo ang magibig manguna, ay magiging alipin ng lahat. [45]Sapagkat ang Anak ng tao rin naman ay hindi naparito upang paglingkuran, kundi upang maglingkod, at ibigay ang kaniyang buhay na pangtubos sa marami.**

**10:41 "Narinig ito"** Ipinapakita nito na sina Santiago at Juan ay naghintay hanggang sa sila na lamang ang kasama ni Hesus. Iyon ay nagpapakita din ng pagiging-tao ng mga Apostol. Ang mga ito ay hindi "mataas na binanal," tao lamang na tinawag, pinalakas, at ginamit ng Diyos. Ang iba ay nagalit, hindi dahil sa di-nararapat na kahilingan nina Santiago at Juan, ngunit ang katotohanan, sila ay naunahan. Ang mga piniling Apostol ay nagpapakita pa rin ng pagkamakasiri at kasalanan.

**10:42** Muli, tinalakay ni Hesus ang kanilang adhikain at maling pagkaunawa sa Kaharian.

**10:43**

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"Datapuwat sa inyo ay hindi gayon"** |
| **NKJV** | **"Bagaman ito ay hindi sa inyo"** |
| **NRSV** | **"Ngunit ito ay hindi kayo"** |
| **TEV** | **"Ito, gayun pa naman, ay hindi paraan sa inyo"** |

**NJB** **"Hindi ito mangyayari sa inyo"**

Ang mga salin ay nagpapakilala ng isang Griyegong kasulatang kaibahan. Sa ilang mga kasulatan (א, B, C*, D, L, W) ang PANGKASALUKUYANG PANAHUNAN ay ginamit (cf. NASB, NRSV, TEV), na matatagpuan din sa kaagapay sa Mateo 20:26. Gayunman, sa ibang mga kasulatan (A at C[3]) ang PANGHINAHARAP NA PANAHUNAN ay matatagpuan (cf. NKJV at ipinahiwatig sa NJB).

▣ **"'sinomang ibig na dumakila'"** Hindi pinipigilan ni Hesus ang kadakilaan o adhikain, binibigyang-kahulugan ang tunay na kadakilaan bilang paglilingkod at pagpapakumbaba (cf. Mateo 20:26; Marcos 9:35).

▣ **"lingkod"** Ito ay ang terminong *diakonos*, na lumaan ay naging opisina/tungkulin ng dyakono. All mga mananampalataya ay tinawag upnag maglingkod (cf. taga-Efeso 4:11-12).

**10:44** Tinutulungan nitong ipaliwanag ang 10:31.

▣ **"alipin"** Ito ang terminong *doulos*, na ay tumutukoy sa isang lokal na lingkod.

**10:45 "'ang Anak ng Tao'"** Tingnan ang tala sa 8:38c.

▣ **"'hindi naparito upang paglingkuran, kundi upang maglingkod'"** Ito ang tunay na kahulugan ng kadakilaan. Inihalimbawa ni Hesus ang buhay ng Kaharian para natin pamarisan (cf. I Pedro 2:21). Ang katotohanang ito ay tinuro nang simboliko sa paghuhugas ni Hesus ng mga paa ng ang mga alagad sa Itaas na Silid noong gabi na Siya ay ipagkakanulo (cf. Juan 13:14-15).

Ang katotohanang ito ay palaging mahirap para sa pamumuno ng iglesiya. Ngunit kung wala ito, walang iglesiya na maglilingkod.

▣ **"'ibigay ang Kaniyang buhay'"** Ito ang buod na talata ng Ebanghelyo ni Marcos. Palaging tinutukoy ni Hesus ang Kaniyang kamatayan bilang Kaniyang kaloob o Kaniyang kaluwalhatian. Iyon ay nagpapakilala ng panghaliling katubusan alang-alang sa iba (i.e., paghahandog sa kasalanan, cf. II taga-Corinto 5:21) ni Kristo (cf. Genesis 3:15; Isaias 52:13-53:12).

▣ **"'pangtubos'"** Ito sa literal ay "tubusin" o "baharan sa isang halaga" (cf. Mateo 20:28; Tito 2:14; I Pedro 1:18). Iyon ay nagpapakilala ang OT termino na ginamit ng mga alipin at mga bilanggo ng digmaan na tinutubos, kadalasang ng isang malapit na kamag-anak (*go'el*). Ipinagkaisa ni Hesus sa Kaniyang sarili ang pag-ibig at kahatulan ng Diyos Ama. Ang kasalanan ay gumugol ng isang buhay—naglaan ang Diyos ng isa!

## NATATANGING PAKSA: PANGTUBOS/KATUBUSAN (RANSOM/REDEEM)

I. LUMANG TIPAN
   A. May dalawang pangunahing ligal na Hebreong salitang na nagbibigay sa konseptong ito.
      1. *Ga'al* (BDB 145 I, KB 169 I), na karaniwang nangangahulugang "palayain sa pamamagitan ng isang halagang kabayaran." Ang anyo ng salitang *go'el* ay nagdadagdag sa konsepto ng isang personal na taga-pamagitan, kadalasang isang miyembro ng pamilya (i.e., kamag-anak na taga-pagtubos). Itong pangkulturang aspeto ng karapatan sa pagbili pabalik ng mga gamit, hayop, lupain (cf. Levitico 25,27), o mga kamag-anak (cf. Ruth 4:15; Isaias 29:22) ay naisalin sa teolohiya sa pagpapalaya ni YHWH sa Israel mula sa Ehipto (cf. Exodo 6:6; 15:13; Awit 74:2; 77;15; Jeremias 31:11). Siya ay naging "ang taga-tubos" (cf. Job 19:25; Mga Awit 19:14; 78:35; Kawikaan 23:11; Isaias 41:14; 43:14; 44:6,24; 47:4; 48:17; 49:7,26; 54:5,8; 59:20; 60:16; 63:16; Jeremias 50:34).
      2. *Padah* (BDB 804, KB 911), na kadalasang nangangahulugang "palayain" o "iligtas"
         a. Ang katubusan ng unang isinilang (panganay) (Exodo 13:13,14 at Bilang 18:15-17)
         b. Ang pisikal na katubusan na pinag-iiba sa espirituwal na katubusan (Mga Awit 49:7,8,15)
         c. Tutubusin ni YHWH ang Israel mula sa kanilang kasalanan at paghihimagsik (Mga Awit 130:7-8)
   B. Ang teolohikong konsepto ay kinabibilangang ng maraming magkakaugnay na mga bagay.
      1. Mayroong pangangailangan, isang pagkaalipin, isang pagkakaalis, isang pagkabilanggo
         a. Pang-pisikal
         b. pamlipunan
         c. Pang-espirituwal (cf. Awit 130:8)
      2. Isang halaga ang kailangang maging kabayaran para sa kalayaan, pagpalaya, at pagpapanumbalik.
         a. Ng bansang Israel (cf. Deuteronomio 7:8)
         b. Ng bawa't-isa (cf. Job 19:25-27; 33:28)
      3. Mayroong kailangang kumilos bilang tagapamagitan at tagapagtangkilik. Sa *gaal* ang isa ay kadalasang

isang miyembro ng pamilya o malapit na kamag-anak (i.e., *go'el*, BDB 145).

4. Si YHWH ay kadalasang inilalarawan ang Kanyang sariling sa mga pampamilyang mga kataga.
   a. Ama
   b. Asawang lalaki
   c. Malapit na kamag-anak na Taga-pagtubos/Taga-paghiganti

   Ang katubusan ay may katiyakan sa pamamagitan ng personal na kinatawan ni YHWH's; isang halagang pinangbayad, at katubusan ay naisakatuparan!

II. BAGONG TIPAN

A. May maraming mga salitang ginamit upang magbigay-kahulugan teolohikong konsepto.

1. *Agorazō* (cf. I taga-Corinto 6:20; 7:23; II Pedro 2:1; Pahayag 5:9; 14:3-4). Ito ay isang pang-komersyong salita na nagpapaliwanag ng isang halagang kabayaran para sa isang bagay. Tayo ay mga taong binili ng dugo na walang kapangyarihan sa ating mga buhay. Tayo kay nabibilang kay Kristo.
2. *Exagorazō* (cf. taga-Galacia 3:13; 4:5; taga-Efeso 5:16; taga-Colosas 4:5). Ito rin ay isang pang-komersyong salita. Ito ay nagpapahayag ng panghaliling kamatayan ni Hesus para sa atin. Ipinataw kay Hesus ang "sumpa" ng isang kautusan na nababatay sa pagsasakatuparan (i.e., Kautusan ni Moises. Cf. taga-Efeso 2:14-16; taga-Colosas 2:14), na hindi maisasakatuparan ng mga makasalanang tao. Tiniis niya ang sumpa (cf. Deuteronomio 21:23) para sa ating lahat (cf. Marcos 10:45; II taga-Corinto 5:21)! Kay Hesus, ang kahatulan at pag-ibig ng Diyos ay ipinagsama sa lubusang kapatawaran, pagtanggap, at paglapit!
3. *Luō*, "upang palayain"
   a. *Lutron*, "isang halagang kabayaran" (cf. Mateo 20:28; Marcos 10:45). Ito ay mga makapangyarihang salita mula sa bibig ni Hesus patungkol sa layunin ng Kanyang pagdating, upang maging Tagapagligtas ng sanglibutan sa pamamagitan ng pagbabayad ng isang kasalanang-utang na Hindi niya inutang (cf. Juan 1:29).
   b. *Lutroō*, "upang pakawalan"
      (1) tubusin ang Israel (Lucas 24:21)
      (2) ibigay ang Kanyang sarili upang tubusin at linisin ang mga tao (Tito 2:14)
      (3) maging isang kahaliling walang kasalanan (I Pedro 1:18-19)
   c. *Lutrōsis*, "katubusan," "pagkakalaya," o "pagpapalaya"
      (1) Propesiya ni Zacarias patungkol kay Hesus, Lucas 1:68
      (2) Papuri ni Anna sa Diyos para kay Hesus, Lucas 2:38
      (3) Mas mabuting minsanang paghahandog na alay ni Hesus, Hebreo 9:12
4. *Apolytrōsis*
   a. Katubusan sa Pangalawang Pagdating (cf. Mga Gawa 3:19-21)
      (1) Lucas 21:28
      (2) taga-Roma 8:23
      (3) taga-Efeso 1:14; 4:30
      (4) Hebreo 9:15
   b. Katubusan sa kamatayan ni Kristo
      (1) taga-Roma 3:24
      (2) I taga-Corinto 1:30
      (3) taga-Efeso 1:7
      (4) taga-Colosas 1:14
5. *Antilytron* (cf. I Timoteo 2:6). Ito ay isang napakahalagang talata (tulad ng Tito 2:14) na nag-uugnay sa paghaliling kamatayan ni Hesus sa krus. Siya ang isa at isa lamang na katanggap-tanggap na paghahain, ang isang namatay para sa "lahat" (cf. Juan 1:29; 3:16-17; 4:42; I Timoteo 2:4; 4:10; Tito 2:11; II Pedro 3:9; I Juan 2:2; 4:14).

B. Ang teolohikong konsepto ng NT.

1. Ang sangkatauhan ay alipin ng kasalanan (cf. Juan 8:34; taga-Roma 3:10-18; 6:23).
2. Ang pagkakaalipin ng sangkatauhan sa kasalanan ay nahayag ng OT Kautusan ni Moises (cf. taga-Galacia 3) at pangangaral (pangangaral) ni Hesus sa Bundok (cf. Mateo 5-7). Ang pagsasakatuparan ng tao ay naging isang hatol ng kamatayan (cf. taga-Colosas 2:14).
3. Si Hesus, ang walang kasalanang tupa ng Diyos, ay dumating at namatay para sa ating kalalagayan (cf. Juan 1:29; II taga-Corinto 5:21). Tayo ay binili mula sa kasalanan upang tayo ay maglingkod sa Diyos (cf. taga-Roma 6).
4. Sa pamamagitan ng pagsasangkot, kapwa sina YHWH at Hesus ay "malapit na kamag-anak" na kikilos para sa atin. Ito ay nagpapatuloy ng mga pampamilyang talinghaga (i.e., ama, asawang lalaki, anak na lalaki, kapatid na lalaki, malapit na kamag-anak).
5. Ang katubusan ay hindi isang halagang ibinayad kay Satanas (i.e., teolohiyang Medieval), kundi ang pagkakasundo ng salita ng Diyos at kahatulan ng Diyos na maraming pag-ibig ng Diyos at buong

pagtustos kay Kristo. Sa krus, kapayapaan ay napanumbalik, ang paghihimagsik ng sangkatauhan ay pinatawad, ang larawan ng Diyos sa sangkatauhan ngayon ay lubusan muling gumagana sa malapit na pakikipag-ugnayan!

6. Mayroon pang isang panghinaharap na aspecto ng katubusan (cf. taga-Roma 8:23; taga-Efeso 1:14; 4:30), na kinabibilangang ng ating mga katawan sa muling pagkabuhay at personal na malapit na ugnayan sa Trinidad na Diyos. Ang ating mga katawan sa muling pagkabuhay ay magiging katulad ng sa Kanya (cf. I Juan 3:2). Siya ay mayroong pisikal na katawan, ngunit may isang karagdagang dimensyonal na aspeto. Napakahirap bigyang kahulugan ang kabalintunaan ng I taga-Corinto 15:12-19 kasama ang I taga-Corinto 15:35-58. Maliwanag na mayroong isang pisikal, pang-mundong katawan at magkakaroon ng isang makalangit, espirituwal na katawan. Si Hesus ay kapwa mayroon nito!

▣ **"sa"** Ito ay ang Griyegong PANG-UKOL *anti*. Minsan iyon ay sinasam sa PANGNGALAN "pagtubos" (*lutron* = *antilutron,* cf. I Timoteo 2:6). Iyon ay nangangahulugang "sa halip ng," "sa kapakanan ng," o "kahalili ng." Ang kaugnayan sa pagitan ng MGA PANG-UKOL *anti* at *huper* ay kailangang malaman sa konteksto (cf. II taga-Corinto 5:14; Hebreo 10:12; I Pedro 2:21; 3:18; I Juan 3:16). Ang lahat ng ito ay may kahulugan sa panghaliling katubusan ni Hesus alang-alang sa iba. Siya ay namatay sa ating kalagayan, dinala ating kasalanan (cf. Isaias 53:4-6).

▣ **"marami"** Ang terminong marami ay ginagamit ng ilang tagapagpaliwanag upang takdaan ang katubusan ni Kristo sa "hinirang." Ang mga terminong "marami" at "lahat" ay magkasingkahulugan sa dalawang susing mga talatang ito na tumutukoy sa katubusan. Ihambing ang Isaias 53:11-12, "marami" sa Isaias 53:6, "lahat." Ang pagkakaagapay nito ay maliwanag na makikita sa taga-Roma 5:18, "lahat" at taga-Roma 5:19, "marami." Binayaran ni Hesus ang halaga para sa lahat, ngunit tanging sa kanila na tutugon sa pagsisisi at pananampalataya sa pangungusa ng Espiritu ay tinubos.

Ang Marcos 10:45 ay ang teolohikong puso ng Ebanghelyo. Ito ay dumating bilang pagtugon sa personal na adhikain. Ang pantaong adhikain ay kailangang ipinagkaloob pabalik sa Diyos bilang isang kaloob (cf. taga-Roma 12:1-2). Ang mga Kristiyano ay kailangang gayahin ang pagkakaloob ni Kristo ng sarili (cf. I Juan 3:16).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 10:46-52

**46At nagsidating sila sa Jerico: at habang nililisan niya ang Jerico, na kasama ng kaniyang mga alagad at ng lubhang maraming mga tao, ang anak ni Timeo, si Bartimeo, na isang pulubing bulag, ay nakaupo sa tabi ng daan.**
**47At nang marinig niya na yao'y si Hesus na Nazareno, siya ay nagpasimulang magsisigaw, at nagsabi, Hesus, ikaw na anak ni David, mahabag ka sa akin. 48At siya ay pinagwikaan ng marami upang siya ay tumahimik: datapuwat siya ay lalong sumisigaw, Ikaw na Anak ni David, mahabag ka sa akin. 49At tumigil si Hesus, at sinabi, Tawagin ninyo siya. At tinawag nila ang lalaking bulag, na sinasabi sa kaniya, Laksan mo ang iyong loob; ikaw ay magtindig, tinatawag ka niya. 50At siya, pagkatapon ng kaniyang balabal, ay nagmadaling tumindig, at lumapit kay Hesus. 51At sumagot sa kaniya si Hesus, at sinabi, Ano ang ibig mong gawin ko sa iyo? At sinabi ng lalaking bulag, Raboni, *nais kong* tanggapin ang aking paningin. 52At sinabi sa kaniya ni Hesus, Humayo ka ng iyong lakad; pinagaling ka ng iyong pananampalataya. At pagdaka ay tinanggap niya ang kaniyang paningin, at siya ay sumunod sa kaniya sa daan.**

**10:46 "Jerico"** Iyon ay isa sa pinakamatandang mga lungsod sa mundo at kadalasang tinawag na "Lungsond ng Palma." Ang pangalan ay nangangahulugang "ang pinabanguhan." Iyon ay isang napakataba at napakagandang lugar. Sa panahon ni Hesus ay mayroong dalawang Jerico, ang lumang lungsod at isang bagong pang-Romano na halos isang milya ang pagitan. Iyon ay halos 18 milya hilagang-silangan ng Herusalem sa isang pagtawid ng Ilog Jordan.

▣ **"habang nililisan niya"** Ang Mateo 20:29 ay may "palabas"; ang Lucas 8:35 ay may "papalapit." Ang pagkalitong ito ay isang tanda ng mga tala ng saksi. Tandaan mayroong dalawang Jericho sa panahon ni Hesus. Maaaring siya ay palaba sa isa at papalapit sa isa pa.

▣ **"lubhang maraming mga tao"** Ang mga ito ay mga manlalakbay na papunta sa Herusalem para sa Paskwa, kasama ng mga interesadong taong-bayan. Maraming mga saserdote ng Templo ang naninirahan sa Jerico. Ang daan mula sa Jerico papuntang Herusalem ay lubhang mapanganib dahil sa mga magnanakaw (i.e., ang talinghaga ng Mabuting Samaritano); samakatuwid, ang mga tao ay naglalakbay sa mga malalaking pangkat.

▣ **"isang pulubing bulag. . . ay nakaupo sa tabi ng daan"** Mayroong isang Griyegong kasulatan kaibahan na sa pariralang ito. Ang PANGNGALAN para sa "pulubi" ay isang di-karaniwang termino (cf. Juan 9:8). Kadalasan, ang konsepto ay inihahayag sa isang KATAGA (i.e., MSS A, K, W, א at Textus Receptus, cf. NKJV). Gayunman, ang PANGNGALAN (i.e., *prosaiteō*) ay sa MSS א, B, L (cf. NASB, NRSV, TEV, at NJB). Ang Kasulatang D ay kasingkahulugan (i.e., *epaiteō*, kapwa nagmula sa ugat na "magtanong"), na matatagpuan sa kaagapay ng Lucas 18:35. Ang mga pagkakaiba ay walang epekto sa pagpapaliwanag ng talata.

▣ **"Bartimeo"** Ang salitang ito ay nangangahulugang "anak ng Timeo." Iyon ay lubhang di-karaniwan para sa Marcos na itala ang mga pangalan ng mga taong pinagaling ni Hesus o pinalayas ang demonyo. Nakakawili na ang Mateo ay may dalawang bulag na lalaki (cf. Mateo 20:30). Ang eksaktong dahilan sa pangyayari ay di-tiyak, ngunit iyon ay isang palagiang pagkakaiba sa pagitan ng Mateo at Marcos/Lucas.

▣ **"anak ni Timeo"** Ang salitang ito sa Aramaikong ay nangahulugang "marumi." Ito ay isang pagtatanggka na ipaliwanag ang pangalan ni Bartimeo sa isang Hentil na mambabasa.

▣ **"ay nakaupo sa tabi ng daan"** Ito ay maaaring ang lugar ng bulag na pulubi na nakaupo bawat araw habang umaasa sa mga limos (i.e., kailangang pagkakaloob sa mga mahihirap para sa mga Hudyo).

**10:47 "Hesus na Nazareno"** Ang Marcos ang natatanging nagsatitik ng titulo bilang *Nazarēnos* (cf. 1:24; 10:47; 14:67; 16:6). Ang Ebanghelyo ni Mateo ay nagsasabing "Siya ay tatawaging isang Nazareno" (cf. Mateo 2:23).

Ang nayon kung saan lumaki si Hesus ay tinawag na Nazareth. Iyon ay hindi binanggit sa OT, ang Talmud, o kay Josephus. Iyon ay tila hindi naging palagian hanggang sa panahon ni Juan Hyrcano (i.e., isang Hasmoneo), na namuno mula 134-104 B.C. Ang paninirahan nina Jose at Maria mula sa nayong ito ay nagpapahiwatig na isang angkan mula sa linya ni David ang nanirahan dito.

Mayroong maaaring isang etimolohikong kaugnayan sa pagitan ng pangalang Nazareth at ang pang-Mesias na titulong Sanga, na *netser* sa Hebreo (cf. Isaias 11:1; Jeremias 23:5; 33:15; Zacarias 3:8; 6:12; Pahayag 5:5; 22:16).

Iyon ay tila isang termino ng pagsisisi dahil ang lugar na ito ay malayo sa Herusalem sa isang lugar ng Hentil (cf. Juan 1:46 at Mga Gawa 24:5; na kahit bagaman ito, gayundin, ay isang propesiya, Isaias 9:1). Ito ang dahilan bakit iyon isinama sa paratang na inilagay sa ulo ni Hesus sa krus.

## NATATANGING PAKSA: HESUS ANG NAZARENO (JESUS THE NAZARENE)

Maraming mga iba't-ibang salitang Griyego ang ginagamit patungkol kay Hesus.

A. Mga Salita sa NT
   1. Nazaret – ang lungsod sa Galilea (cf. Lucas 1:26; 2:4,39,51; 4:16; Gawa 10:38). Ang lungsod na ito ay hindi nabanggit sa mga makabagong kasulatan, ngunit natagpuan sa mga huling inskripsiyon. Para kay Hesus na galing sa Nazaret ay hindi isang papuri (cf. Juan 1:46). Ang tanda sa itaas ng krus ni Hesus na kasama ang lugar na ito ay isang tanda ng pagkasuklam ng mga Hudyo.
   2. *Nazarēnos* – tila din nagpapatungkol sa isang geograpikal na lugar (cf. Lucas 4:34; 24:19).
   3. *Nazōraios* – maaaring pumatungkol sa isang lungsod, ngunit maaari itong paglalaro ng salitang Hebreong pang-mesias na "Sanga" (netzer, cf. Isaias 4:2; 11:1; 53:2; Jeremias 23:5; 33:15; Zacarias 3:8; 6:12; sa the NT, Pahayag 22:16). Ginagamit ito ni Lucas kay Hesus sa 18:37 at Gawa 2:22; 3:6; 4:10; 6:14; 22:8; 24:5; 26:9.
   4. Kaugnay ng #3 *nāzir*, na nangangahulugang "ihihandog ang isa sa pamamagitan ng panata."

B. Mga pangkasaysayang paggamit sa labas ng NT.
   1. Ito ay tinataguring isang Hudyong (bago ang pagka-Kristiyano) ereheng pangkat (Aramaikong *nāsōrayyā*).
   2. Ito ay ginamit sa mga pangkat Huydo na inuugnay sa mga mananampalataya ni Kristo (cf. Gawa 24:5,14; 28:22, *nosri*).
   3. Ito ay naging karaniwang katawagan sa mga mananampalataya sa mga iglesia sa Syria. "Kristiyano" ay ginamit sa mga iglesiyang Griyego upang tukuyin ang mga mananampalataya.
   4. Noong minsan makalipas ang pagbagsak ng Herusalem, ang mga Pariseo muling natatag sa Jamnia at nagsulsol ng isang pormal na paghihiwalay sa pagitan ng sinagoga at iglesia. Isang halimbawa ng uri ng mga salitang sumpa laban sa mga Kristiyano ay matatagpuan sa "ang Labingwalong Pagbabasbas" mula sa *Berakoth* 28b-29a, na tinatawag ang mga mananampalataya na "MGA NAZARENO."

      "Ang mga NAZARENO at mga erehe nawa ay maglaho sa isang saglit; dapat silang mabura sa aklat ng buhay at hindi maisulat sa mga sumasampalataya."
   5. Ito ay ginamit ni Justin Martyr, *Dial.* 126:1, na ginamit ang *netzer* ni Isaias (Isaias 11:1) kay Hesus.

C. Palagay ng May-akda

   Ako ay nagulat sa maraming pagbabaybay ng salita, pero alam kong ito ay hindi di-narinig OT katulad ng "Josue" ay maraming magkakaibang pagbabaybay sa Hebreo. Ang mga sumusunod na mga bagay ang nagdala sa akin na manatiling di matiyak sa ganap nitong kahulugan:
   1. ang malapit na kaugnayan sa salitang Mesias na "Sanga" (*netzer*) o ang parehong salitang *nāzir* (ihihandog ang isa sa pamamagitan ng panata)
   2. ang negatibong gamit sa Galilea
   3. kaunti o walang makabagong banggit sa lungsod ng Nazaret sa Galilea
   4. ito ay nanggaling sa sinalita ng demonyo sa isang kaparaanang *eskatolohiko* (i.e., "Ikaw ba ay naparito upang kami'y wasakin?").

Para sa isang kabuuang sanggunian ng mga pag-aaral sa pangat ng salitang ito, tingnan si Colin Brown (ed.), *New International Dictionary of New Testament Theology*, tomo 2, p. 346 o Raymond E. Brown, *Birth*, pp. 209-213, 223-

▣ **"'Anak ni David'"** Ito ay isang pang-Mesias na titulo (cf. II Samuel 7), na mayroong makabayang mga kahihinatnan. Ito titulo ay lubhang di-karaniwang sa Marcos (cf. 10:47,48; 12:35).

▣ **"'mahabag ka sa akin'"** Ito ay isang AORIST TAHAS NA PAUTOS, na nagpapakilala ng katindihan. Iyon ay isang karaniwang panalangin sa mga Awit (cf. 51:1).

**10:48 "siya'y pinagwikaan ng marami"** Ito ay DI-GANAP NA PANAHUNAN. Siya ay umiiyak nang paulit-ulit at ilang sa karamihan ng tao ay pinagagalitan siya nang paulit-ulit (cf. Lucas 18:39).

**10:49 "Tumigil si Hesus"** Kahit na sa Kaniyang daan sa kamatayan, si Hesus ay mayroong panahon para sa isang bulag na pulubi! Ito ay isa pang pang-propesiyang tanda mula sa Isaias para sa kanilang makakakila sa espiritu!

▣ **"'Laksan mo ang iyong loob; ikaw ay magtindig, tinatawag ka niya'"** Kadalasan, sa Koine Griyego, bawat parirala ay kaugnay sa naunang parirala sa pamamagitan ng isang PANGATNIG o isang PANGHALIP na tumutukoy sa isang bagay na nasa naunang konteksto. Kapag ang mga pang-ugnay na ito ay di-makikita (tulad na sila ay makikita) sila ay nagbibigay-pansin sa mga kapahayagan. Ang mga ito ay nagbibigay-diin, mga kapahayagang eskakato. Ang una at pangalawa ay PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MGA PAUTOS at ang huli ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG.

**10:50 "pagkatapon ng kaniyang balabal"** Ang balabal na ito ay ginamit para sa (1) pagtulog at (2) pagkula ng pagkain at mga limos. Sa isang kaunawaan ito ay isang simbolo ng kaniyang pananampalataya na siya ay gagaling.

▣ **"siya ay nagmadaling tumindig"** Ang mga ito ay mga panglarawang detalye ng isang saksi na naalala ni Pedro.

**10:51 "'Ano ang ibig mong gawin ko sa iyo'"** Hinihimok siya ni Hesus na isalaysay ang kaniyang pananampalatayang kahilingan.

▣ **"'*nais kong* tanggapin ang aking paningin'"** Ang pagpapagaling ng bulag ay mayroong pang-Mesias na kahalagahan (cf. Isaias 35:4-5; 42:7,16; 61:1). Ito ay isa sa mga patunay-tanda na hinahanap ng Fariseo.

**10:52 "'pinagaling ka ng iyong pananampalataya'"** Ito sa literal ay "ligtas" (i.e., *sōzō*) sa isang GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG anyo. Ang terminong ito ay ginamit sa kaniyang kahulugan sa OT sa pisikal na pagpapalaya (cf. Santiago 5:15).

▣ **"siya'y sumunod sa kaniya"** Ang Lucas 18:45 ay nagdaragdag ng, "nagluwalhati sa Diyos."

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit nais ng mga magulang na ipatong ni Hesus ang Kaniyang mga anak sa kanilang mga anak?
2. Bakit sinubukang pigilan sila ng mga alagad?
3. Bakit lubhang napopoot si Hesus sa kanila?
4. Paano nauugnay ang mga anak sa Kaharian ng Diyos?
5. Ano ang mga katangian ng isang bata ang hinahanap ni Hesus sa mga alagad?
6. Bakit lubhang madalas sabihin ni Hesus sa Kaniyang mga alagad ang tungkol sa Kaniyang nalalapit na kamatayan?
7. Bigyang-kahulugan ang tunay na kadakilaan.

# MARCOS 11

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Matagumpay na Pagpasok sa Herusalem | Ang Matagumpay na Pagpapasok | Lingo ng Palaspas | Ang Matagumpay na Pagpasok sa Herusalem | Ang Mesias ay Pumasok sa Herusalem |
| 11:1-11 | 11:1-11 | 11:1-10 | 11:1-3 | 11:1-11 |
| | | | 11:4-5 | |
| | | | 11:6-10 | |
| | | 11:11 | 11:11 | |
| Ang Pagsumpa sa Puno ng Igos | Ang Puno ng Igos ay Nalanta | Sinumpa ang Puno ng Igos | Sinumpa ni Hesus ang Puno ng Igos | Ang Tigang na Puno ng Igos |
| 11:12-14 | 11:12-14 | 11:12-14 | 11:12-14a | 11:12-14 |
| | | | 11:14b | |
| Ang Paglilinis ng Templo | Nilinis ni Hesus ang Templo | Paglilinis ng Templo | Pumunta si Hesus sa Templo | Ang Pagpapaalis ng mga Mangangalakal sa Templo |
| 11:15-19 | 11:15-19 | 11:15-19 | 11:15-17 | 11:15-19 |
| | | | 11:18 | |
| | | | 11:19 | |
| Ang Aral mula sa Nalantang Puno ng Igos | Ang Aral ng Nalantang Puno ng Igos | Ang Kahulugan ng Nalantang Puno ng Igos | Ang Aral mula sa Puno ng Igos | Ang Nalantang Puno ng Igos Pananampalataya at Dasal |
| 11:20-25 | 11:20-24 | 11:20-24 | 11:20-21 | 11:20-25 |
| | Pagpapatawad at Panalangin | | 11:22-25 | |
| | 11:25-26 | 11:25 | | |
| tinatanggal ang v. 26 | | tinatanggal ang v. 26 | tinatanggal ang v. 26 | tinatanggal ang v. 26 |
| Ang Awtoridad ni Hesus ay Inusisa | Ang Awtoridad ni Hesus ay Inusisa | Sa Awtoridad ni Hesus | Ang Tanong tungkol sa Awtoridad ni Hesus | Ang Awtoridad ni Hesus ay Inusisa |
| 11:27-33 | 11:27-33 | 11:27-33 | 11:27-28 | 11:27-33 |
| | | | 11:29-30 | |
| | | | 11:31-33a | |
| | | | 11:33b | |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng pagpapaliwanag. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata
2. Pangalawang talata
3. Pangatlong talata
4. Atbp.

## MGA KAUNAWAANG KONTEKSTWAL

A. Ang Matagumpay na Pagpasok ay isang napakahalagang pang-propesiyang tanda; si Hesus ay ipinahayag bilang ang ipinangakong Mesias. Iyon ay kaagapay sa Mateo 21:1-11, Lucas 19:29-44, at Juan 12:12-19.

B. Mayroong isang kabalintunaang aspeto sa Matagumpay na Pagpasok. Si Hesus ay maliwanag na tinutupad ang hula ng Zacarias 9:9 at ang mga sinisigaw (i.e., liturhiya mula sa mga Awit) ng karamihan ng tao ay isang pagpapatibay ng Kaniyang pagka-Mesias. Gayunman, iyon ay dapat maalala na ang mga Hallel na Awit ay ginamit upang salubungin ang mga manlalakbay bawat taon habang sila ay dumadating para sa Paskwa. Ang katotohanan na sila ay inuukol nila sa isang partikular na tao ay ang natatangi sa pangyayaring ito. Ito ay maliwanag na makikita sa pangingilabot ng mga pang-relihiyong pinuno.

C. Ang paglilinis ng Templo na naitala sa vv. 15-19 ay tila ang pangalawang paglilinis ni Hesus. Ang una ay naitala sa Juan 2:15. Hindi ko tinatanggap ang mga palagay ng pampanitikang kritisismo na nakikita ang dalawang pangyayari na iisa. Bagaman mayroong suliranin sa pag-iisa ng pagkakasunod-sunod ng mga Sinoptikong Ebanghelyo at ang Ebanghelyo ng Juan, iyon ay tila pinaka mainam para sa akin, dahil ang mga pagkakaiba sa pagitan ang dalawang tala, ang manindigan sa dalawang paglilinis, isa unag bahagi ng Kaniyang ministeryo at ang isa pa, malapit sa katapusan. Ito ay maaari ding magpaliwanag sa sinauna at lumalaking kapootan ng mga pang-relihiyong pinuno ng Herusalem. Ang paglilinis na ito ay kaagapay sa Mateo 21:12-16 at Lucas 19:45-47.

D. Ang pagsumpa ng puno ng igos ay isang malinaw na sanggunian sa Judaismo. Iyon ay kaagapay sa Mateo 21:18-19 at Lucas 19:45-48.

E. Ang nalantang puno ng igos (Marcos 11:20-25) ay kaagapay sa Mateo 21:19-22 at Lucas 21:37-38.

F. Ang awtoridad ni Hesus ay inusisa. (Marcos 11:27-12:12). Ang Kaniyang awtoridad ay ang susing teolohikong isyu! Iyon ay kaagapay sa Mateo 21:23-46 at Lucas 20:1-19**.**

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 11:1-10

**1At nang malapit na sila sa Herusalem, sa Betfage at sa Betania, sa bundok ng mga Olivo ay sinugo niya ang dalawa sa kaniyang mga alagad, 2At sa kanila'y sinabi, Magsiparoon kayo sa nayong nasa tapat ninyo: at pagkapasok ninyo roon, ay masusumpungan ninyo ang isang nakataling batang asno, na hindi pa nasasakyan ng sinomang tao; inyong kalagin siya, at dalhin ninyo siya rito. 3At kung may magsabi sa inyo, Bakit ninyo ginagawa ito? sabihin ninyo, Kinakailangan siya ng Panginoon; at pagdaka ay ipadadala niya siya rito. 4At sila ay nagsiyaon, at kanilang nasumpungan ang batang asno na nakatali sa pintuan sa labas ng lansangan; at siya ay kanilang kinalag. 5At ilan sa nangakatayo roon ay nangagsabi sa kanila, Ano ang ginagawa ninyo na inyong kinakalag ang batang asno? 6At sinabi nila sa kanila ayon sa sinabi ni Hesus: at pinabayaan nilang sila ay magsialis. 7At dinala nila ang batang asno kay Hesus, at inilagay nila sa ibabaw ng batang asno ang kanilang mga damit; at ito'y sinakyan ni Hesus. 8At marami ang nagsisipaglatag ng kanilang mga damit sa daan; at ang mga iba'y ng mga sanga, na kanilang pinutol sa mga parang. 9At ang nangasa unahan, at ang nagsisisunod, ay nangagsisigawan, Hosanna; Mapalad ang pumaparito sa pangalan ng Panginoon: 10Mapalad ang kahariang pumaparito, ang kaharian ng ating amang si David: Hosanna sa kataastaasan.**

**11:1 "Betfage"** Ang pangalan ay nangangahulugang "bahay ng mga igos" o "lugar ng mga hilaw na igos." Ito ay matatagpuan sa gulod na matatanaw ang Herusalem, tinawag na Bundok ng Olivo. Sa rabinikal na panitikan iyon ay isang lugar sa labas ng lungsod ng Herusalem. Iyon ay malapit sa pangunahing daan mula sa Jerico, na ginagamit ng mga manlalakbay.

▣ **"Betania"** Ang pangalan ay nangangahulugang "bahay ng datiles." Ang Juan 11:18 ay nagsasabing iyon ay dalawang

milya sa timog-silangan ng Herusalem sa daan patungong Jerico at iyon ang tahanan nina Maria, Martha, at Lazaro. Sa panahon ng tatlong pangunahing taunang mga araw ng pista (cf. Levitico 23) ang bawa't-isa na nakapalibot sa Herusalem ay binubuksan ang kanilang mga tahanan sa mga manlalakbay. Si Hesus ay nananatili dito kapag Siya ay nasa Herusalem (cf. 11:11; Mateo 21:17).

▣ **"sa bundok ng mga Olivo"** Ang dalawang maliit nayon na matatagpuan sa parehong gulod (halos 2.5 milya ang haba) ay kilala bilang "ang Bundok ng Olivo."

▣ **"sinugo niya ang dalawa sa kaniyang mga alagad"** Maaaring si Pedro ay isa sa kanila at ginunita ang pangyayaring ito kay Juan Marcos.

**11:2 "pagkapasok"** Tingnan ang tala sa 1:10.

▣ **"asno"** Ang pangyayaring ito ay pang-propesiyang katuparan (cf. Genesis 49:11; Zacarias 9:9). Ang mga asno ay ang karaniwang nagdadala sa mga Hudyong hari (ito rin ang binanggit sa *Mari Tablets* at ang *Sumerian Gilgamesh Epic*). Ang batang asnong ito ay tutuparin ang mga maharlikang propesiya (tanging hari ang sumasakay sa kaniyang asno, ang batang asnong ito ay hindi pa nasakyan), ngunit ito ay nagpapahayag na Siya galing sa kapayapaan. Sa Ikalawang Pagdating ng Panginoon ay makikita ang isang puting tagapagparatang bilang Hari ng Mga Hari at Hukom ng sansinukob (cf. Pahayag 19:11-16). Ang mga rabbi ay nakikilala ang pang-Mesias na mga propesiya at sinabing kung ang Israel ay karapat-dapat, kahit na para sa isang araw, na ang Mesias ay darating sa mga ulap ng kaluwalhatian, ngunit kung hindi, Siya ay darating pa rin, isang araw, sa isang asno.

▣ **"'na hindi pa nasasakyan ng sinomang tao'"** Ang maharlikang asno ay hindi sinasaksyan ninuman ngunit ng hari. Isang halimbawa ng ito ng makapangyarihang simbolo ay makikita nang si Solomon ay sumakay sa asno ni David (cf. I Mga Hari 1:33).

**11:3 "kung"** Ito ay isang PANGATLONG URING MAY PASUBALI na pangungusap, na nagpapahayag ng maaaring pagkilos.

▣ **"'Kinakailangan siya ng Panginoon'"** Iyon ay kadalasang mahirap malaman sa mga tala ng Ebanghelyo kung si Hesus ay gumagamit ng Kaniyang pang-propesiyang kabatiran o personal na isinaayos ang ilang mga pangyayari (cf. 14:12-16).

Ito ay isang di-karaniwang paggamit sa Marcos ng *kurios* bilang isang titulo na tumutukoy kay Hesus (cf. 7:28; 11:3). Yamang ang salita ay maaaring mangahulugang "panginoon" o "may-ari," iyon maaaring tumutukoy sa may-ari ng asno. Gayunman, ang kontekstong nagpapahiwatig nito ay tumutukoy kay Hesus. Ang teolohikong kahalagahan nito ay ang OT na paraan sa pagtukoy kay YHWH (cf. v. 9) sa pamamagitan ng pangalang *Adon*, ay nangangahulugang "may-ari," "amo," "panginoon," o "asawang lalaki" sa Hebreo.

▣ **"at pagdaka'y ipadadala niya siya rito"** Iyon ay di-tiyak kung ito ay isang puna ng mga alagad tungkol sa asno o bahagi ng mensahe ni Hesus. Mayroong maraming Griyegong kasulatan na pagkakaiba dahil sa kalabuan ng parirala.

**11:5 "ilan sa nangakatayo roon"** Ang kaagapay sa Lucas 19:33 ay may "mga may-ari."

**11:7 "inilagay nila ang kanilang mga damit"** Ang mga damit ay gumaganap bilang isang unan o kumot sa paglalakbat. Ang kanilang mga kulay ay ipinagkaloob na isang pampista o pamparadang ayos (i.e., maharlikang prusisyon).

**11:8 "marami ang nagsisipaglatag ng kanilang mga damit sa daan"** Sino ang tinutukoy na "marami"? Kung sa mga alagad, gayon, ito ay isang pagpapahayag ng pagkahari ni Hesus (cf. II Mga Hari 9:13). Kung sa mga taong-bayan ng Herusalem, ang isa ay magugulat na kanilang ginagawa ito bawat taon dahil sa pinsala na dinulot ng isang asnong naglalakad sa kasuutan sa isang mahirap na daan. Maaaring sila ay mayroong narinig kay Hesus at kinilala ang Kaniyang pagkatangi.

▣ **"ang mga iba'y ng mga sanga"** Ang Juan 12:13 ay naghahayag na sila ay mga sanga ng palma na tumutubo sa Bundok ng Olivo (cf. Josephus). Tila sila ay isang tanda ng tagumpay o pagwawagi (cf. Pahayag 7:9). Ang ritwal na ito ay ginagawa bawat taon ng mga naninirahan sa Herusalem sa mga pista ng Tabernakulo at Paskwa para sa mga pulutong ng mga manlalakbay na paparating sa lungsod. Sa taong ito, ang kahalagahan ng paglapit ng Hari ay natupad na.

Bagaman ang simbolikong pagkilos na ito ay karaniwang ginagawa sa panahon ng Pisto ng Tabernakulo (cf. Levitico 23:13-20), ang mga sangang iyon ay mas malaki kaysa sa kanila. Ang mga sangang ginamit dito ay mas maliit at maihahalintulad sa makabagong kaugalian ng pagsasaboy ng mga tulolot ng rosas na nauna sa isang asawang babae habang siya ay naglalakad sa gitna. Ang tatlong pagkilos—(1) ang mga balat ng hayop, (2) ang mga balat na inilatag sa daan, at (3) ang mga sanga na inilatag sa daan—pagpapakita ng kanilang pagpaparangal kay Hesus bilang ang darating na maharlikang (cf. Awit 2), (cf. II Samuel 7) Mesias na galing kay David.

**11:9 "Ang nangasa. . .nangagsisigawan"** Tila ang liturhiya ng vv. 9-10 ay bahagi ng taunang kapistahan. Sila ay mayroong napakahalaga makabayang mga kahihinatnan (i.e., ito may ay maaaring isang Aramaikong wikain para sa "maharlikang kapangyarihan"). Gayunman, yamang sila ay inulit bawat taon, ang taga-Roma ay hindi nababahala sa kanila. Sa taong ito, sila natatanging natagpuan ang katuparan kay Hesus ng Nazareth. Ang noon ay dating liturhiya, ngayon ay kapahayagan!

▣ **"'Hosanna'"** Ang Hebreong wikain ay nangangahulugang "salubungin Siya." Iyon ay bahagi ng Hallel na Awit 118:25, na sinisipi bawat taon habang ang mga manlalakbay dumarating sa Herusalem. Iyon sa literal ay nangahulugang "magligtas ngayon" (cf. II Samuel 14:4; II Mga Hari 6:16), ngunit naging pangkaraniwang pagbati.

▣ **"'MAPALAD ANG PUMAPARITO SA PANGALAN NG PANGINOON'"** Ito ay isang sipi mula sa Mga Awit 118:26. Ito ay isa sa mga Hallel na Awit (113-118) na sinisipi tuwing Pista ng Paskwa. Ang Awit 118 ay mayroong makapangyarihang pang-Mesias na mga kahihinatnan (cf. v. 22). Ang kaagapay sa Lucas 19:38 ay may "Mapalad ang Hari na paparita sa pangalan ng ang Panginoon." Ang taunang ritwal na liturhiya ay naging natupad na propesiya!

**11:10 "'ang kahariang pumaparito, ang kaharian ng ating amang si David'"** Ito ay may makabayang mga kahihinatnan (cf. II Samuel 7; Osea 3:5). Ang isa ay nagtatanong kung ito ay isang palagiang litanya bawat taon o idinagdag upang tiyakang tumutukoy kay Hesus. Ito ay maaaring isang sanggunian sa Zacarias 9:9. Ang Mateo 21:5 ay sinasaad nang tuwiran ang propesiyang ito. Ang kaagapay sa Lucas 19:39 ay nagpapakita masidhing kapootan ng mga Fariseo kapag ang mga parilalang ito ay tuwirang tumutukoy kay Hesus.

▣ **"'Hosanna sa kataastaasan'"** Ang wikaing ito ay maaaring mangahulugang (1) pagpuri sa Diyos sa langitan o (2) ang Diyos nawa ng langit ay iligtas Siya (i.e., Hesus).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 11:11

**11 At pumasok siya sa Herusalem, sa templo; at nang malingap niya sa palibotlibot ang lahat ng mga bagay, at palibhasa'y hapon na, ay pumaroon siya sa Betania na kasama ang labingdalawa.**

**11:11 "sa templo"** Ang salitang ito (*hieron*) ay nangahulugang buon lugar ng templo, hindi lamang ang sentrong dambana (Ang Kabanal-banalang dako at ang Banal na Dako).

▣ **"palibhasa'y hapon na"** Sila ay maaaring naglakad na ng 18 milya mula sa Jerico. Ang lugar ng templo ay maaring wala nang tao. Nais ni Hesus na makita ng lahat ang Kaniyang simbolikong pagkilos ng paglilinis at pagpapanumbalik ng ang templo sa orihinal nitong layunin na ipinagkaloob ng Diyos.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 11:12-14

**12 At sa kinabukasan, pagkaalis nila sa Betania, ay nagutom siya. 13 At pagkatanaw niya sa malayo ng isang puno ng igos na may mga dahon, ay lumapit siya, na baka sakaling makasumpong doon ng anoman: at nang siya ay malapit sa kaniya ay wala siyang nasumpungang anoman kundi mga dahon; sapagkat hindi panahon ng mga igos. 14 At sumagot si Hesus at sinabi rito, Sinomang tao'y hindi kakain ng iyong bunga mula ngayon at magpakailan man. At ito'y narinig ng kaniyang mga alagad.**

**11:12** Ginamit ni Hesus ang isang karaniwang pangangailangan (i.e., pagkain) bilang isang pagkakataon upang ituro ang isang makapangyarihang aralin ng kahatulan at patanggi.

**11:13 "isang puno ng igos"** Tandaang ang pangalan ng lungsod ng Betfage ay nangangahulugang "bahay ng mga igos." Mayroong maliwanag na maraming ganitong namumungang puno sa lugar na ito.

▣ **"dahon"** Mayroong maraming pagtalakay sa gitna ng mga tagapagpaliwanag tungkol sa puno ng igos at bakit lumapit dito sa Hesus

1. iyon ay sa isang may sinulungang lugar at ay mayroong may mga dahong nalagas na, kaya iyon ay maaari ding maliit mga igos
2. ang mga dahon pagpapasikat pangako, ngunit walang katuparan, katulad ng ginawa ng Israel
3. Hindi hinahanap ni Hesus ang mga igos, ngunit ang mga paunang "umbok" na kinakain din minsan (cf. F. F. Bruce, *Answers to Questions*, p. 56 o *Hard Sayings of the Bible*, pp. 441-442).

Sa aking palagay, iyon ay isang simbolikong pagkilos ng kahatulan (cf. Lucas 13:6-9), tulad ng paglilinis ng Templo, ng ang Judaismo ng panahon ni Hesus, na may punong-himpilan sa Herusalem. Iyon ay pagpapauna ng pagkawasak noong A.D. 70 ng Romanong Heneral (pagkatapos ay Emperador) Tito at ang eskatolohikong kahatulan dahil sa kanilang kawalang-pananampalataya kay Hesus (cf. v.14).

▣ **"sapagkat hindi panahon ng mga igos"** Iyon ay ang panahon ng Paskwa at kadalasang hindi buong mga dahon ang makikita. Ang pariralang ito ay nagpapakita ang pasagisag na likas ng pangyayari. Pansinin na si Hesus ay nagsalita ng lubhang malakas upang marinig ng mga alagad. Ang Israel ay kadalasang ay sinasagisag ng puno ng igos (gayunman, kadalasang puno ng ubas, cf. Jeremias 29:17; Osea 9:10; Joel 1:7; Mikas 7:1-6). Ang katotohanan na ang puno ay mayroong maraming dahon na nagbabakita na iyon ay dapat mamunga. Ang Israel ay hindi! Ang talang ito ng puno ng igos ay hinati sa dalawang bahagi sa paglilinis ng templo na inilagay sa ginta upang ipahiwatig na iyon ay tumutukoy sa kahatulan ng Diyos sa unang siglo Hudyong pang-relihiyong sistema at its mga pinuno (gaya ng ginawa sa paglilinis ng templo). Iyon ay di-tiyak kung ang lahat ng Israel o ang mga ilegal na mga pinuno lamang (i.e., silang mga Saduceo na bumili ng opisina mula sa taga-Roma) ay lubhang hinatulan. Ang kahatulang ito sa Israel ay binibigyang-diin sa Lucas 13:6-9 at Marcos 12:1-12.

**11:14** Ito ay isang malakas na palagiang kahatulan!

## NATATANGING PAKSA: MAGPAKAILANMAN (MGA GRIYEGONG KATAGA) (FOREVER (GREEK IDIOM))

Isang Griyegong pangwikaing parirala ay "sa loob ng mga panahon" (cf. Lucas 1:33; taga-Roma 1:25; 11:36; 16:27; taga-Galacia 1:5; I Timoteo 1:17), na maaaring maglarawan ng Hebreong *'olam*. Tingnan si Robert B. Girdlestone, *Synonyms of the Old Testament*, pp. 319-321, at Natatanging Paksa sa OT: Magpakailanman (*'olam*).

Ang ibang mga kaugnay na mga pariral ay "sa loob ng panahon" (cf. Mateo 21:19 [Marcos 11:14]; Lucas 1:55; Juan 6:58; 8:35; 12:34; 13:8; 14:16; II taga-Corinto 9:9) at "ng panahon ng mga panahon" (cf. taga-Efeso 3:21). May tila walang pagkakaiba sa pagitan ng mga Griyegong mga kataga para sa "magpakailanman." Ang salitang "mga panahon" ay maaaring PANGMARAMIHAN na isang paglalarawang pagkaunawa sa rabinikal na pang-gramatikong pagkakabuo na tinawag na "ang pangmaramihan ng maharlika" o ito ay maaaring tumukoy sa konsepto ng maraming "mga panahon" sa pang-Hudyong pagkakaunawa ng "panahon ng kasamaan," "panahong darating," o "panahon ng katuwiran" (tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Panahong Ito at Ang Panahong Darating)

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 11:15-18

**[15]At nagsidating sila sa Herusalem: at pumasok siya sa templo, at nagpasimulang kaniyang itinaboy ang nangagbibili at nagsisibili sa loob ng templo, at ginulo ang mga dulang ng nangagpapalit ng salapi, at ang mga upuan ng nangagbibili ng mga kalapati; [16]At hindi niya ipinahintulot na sinoman ay magdala ng anomang sisidlan sa templo. [17]At siya ay nagturo, at sinabi sa kanila, Hindi baga nasusulat, Ang aking bahay ay tatawaging bahay-panalanginan ng lahat ng mga bansa? datapuwat ginawa ninyong yungib ng mga tulisan. [18]At yao'y narinig ng mga pangulong saserdote at ng mga eskriba, at pinagsisikapan kung paanong siya ay kanilang maipapapuksa: sapagkat nangatatakot sila sa kaniya, dahil sa buong karamihan ay nanggigilalas sa kaniyang aral.**

**11:15 "pumasok siya sa templo"** Ito ay tumutukoy na tiyakan sa lugar ng mga Hentil kung saan ang mga mangangalakal ay nandoon ang kanilang mga kubol (ang mga kubol na iyo ay pagmamay-ari ng pamilya ng mga Punong Saserdote). Ang Ebanghelyo ni Juan ay tinala ang isang mas maagang paglilinis (cf. Juan 2:13ff). Si Hesus ay hindi palaging maanong tao ang pagkilos gaya ng iniisip natin!

Ang pagkilos na ito ay hinahamon ang awtoridad ng mga Saduceo gaya ng pagkilos at salita ng mga manlalakbay sa matagumpay na pagpasok na hinamon ang mga Fariseo. Ang mga pagkilos na ito ay nagdala kay Hesus sa kamatayan (cf. v. 18).

▣ **"nagpasimulang kaniyang itinaboy ang nangagbibili at nagsisibili"** Ito ay maaaring isang pagkabanggit sa Zacarias 14:21, "hindi na magkakaroon ng isang Cananeo (i.e., mangangalakal) sa bahay ng Panginoon ng mga hukdo sa panahong yaon."

▣ **"ang nangagbibili at nagsisibili"** Ang mga mangangalakal ay kumakatawan sa pamilya ng Punong Saserdote, na kapwa bumibili ng pagkasaserdote at ang karapatan umupa mula sa Roma (i.e., hindi hihigit sa A.D. 30. Sa aking palagay, si Hesus ay ipinako sa krus noong A.D. 34).

▣ **"nangagpapalit ng salapi"** Ang buwis ng templo ay ½ shekel (cf. Exodo 30:13). Sa panahon ni Hesus ang tanging shekel ay isang Tiryanong shekel. Ang mga manlalakbay ay sinisingil ng 1/24 ng isang shekel upang ipalit sa kanilang salapi.

▣ **"nangagbibili ng mga kalapati"** Isang kalapati alay ng mahihirap, mga ketongin, at kababaihan. Ang karaniwang halaga ay tatlong beses sa mga kubol na ito. Kahit na kapag ang mga manlalakbay ay nagdala ng kanilang sariling alay na mga hayop mula sa tahanan, ang saserdote ay karaniwang makakahanap ng ilang kasiraan sa kanila at hinihingi na sila ay

bumili pa ng isang hayop.

**11:16 "hindi niya ipinahintulot na sinoman ay magdala ng anomang sisidlan sa templo"** Ang pariralang ito ay natatangi sa Marcos. Ang Lugar ng mga Hentil ay naging isang malapit ng daan sa pagitan ang lungsod at Bundok ng Olivo. Nawala na ang natatanging pang-relihiyong layunin bilang isang lugar para sa mga bansa na lumapit kay YHWH.

**11:17 "'ANG AKING BAHAY AY TATAWAGING BAHAY-PANALANGINAN NG LAHAT NG MGA BANSA'"** Ito ay isang sipi mula sa Isaias 56:7. Iyon ay nagpapakita ang pangkalahatang pag-ibig ng Diyos. Sa Mateo, na sumusulat sa mga Hudyo, ay iniwan ang huling pariralang parirala.

▣ **"'ninyong YUNGIB NG MGA TULISAN'"** Ito ay isang sipi mula sa kilalang pangangaral ni Jeremias sa templo na tumutukoy sa ritwal na walang pananampalataya at pang-relihiyong pamahiin (cf. Jeremias 7:11). Sa pangalan ng relihiyon, ang mga malalaking tubo ay kinakamal sa kapinsalaan ng lugar ng katahimikan at panalangin para sa mga Hentil. Ang terminong "mga tulisan" ay nangangahulugang "manghihimagsik."

**11:18 "mga pangulong saserdote at ng mga eskriba"** Ang mga mayayamang pamilya ang namamahala ng opisina ng Punong Saserdote. Ito ay hindi na isang pampamilyang posisyon na nauugnay kay Aaron, ngunit isang opisinang ipinagbili ng taga-Roma sa pinakamalakas na tatawad.

▣ **"mga eskriba"** Ang kauriang ito ng mga pinuno ay nagsimula kay Ezra. Sa panahon ni Hesus karamihan sa kanila ay mga Fariseo. Kanilang ipinapaliwanag ang mga praktikal na aspeto ng Kautusan para sa ang karaniwang tao, lalo na sa Pasalitang Tradisyon (i.e., Talmud). Ang pangkat na ito ay katulad ng tungkulin ng mga makabagong rabbi. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:6.

▣ **"pinagsisikapan kung paanong siya ay kanilang maipapapuksa"** Ito ay isang DI-GANAP NA panahunan. Iyon maaring mangahulugang "nagsimula" (cf. NASB, TEV), ngunit iyon ay maaarin ring nagpapahiwatig na sila paulit-ulit na naghahanap ng pagkakataon mula sa puntong ito para patayin si Hesus (cf. NRSV).

Ang lahat ng MGA PANDIWA sa v. 18 ay MGA DI-GANAP, na tumutukoy sa mga gawang nagsimula at nagpatuloy sa huling linggong ito ng buhay ni Hesus. Ang paulit-ulit na huwaran ay nagsimulang lumitas. Ang Matagumpay na Pagpasok at ang paglilinis ng ang templo ang nagtakda ng kapamahakan ni Hesus, gaya ng Kaniyang nalalaman.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 11:19

**[19]At gabi-gabi'y lumalabas siya sa bayan.**

**11:19** Ang talatang ito ay maaaring kasama sa talata vv. 15-18. Ito ay isa pang saksing detalye ni Pedro. Ang munting parirala na ito ay naitala ng magkakaiba sa maraming Griyegong mga kasulatan (ilan ay may PANGMARAMIHAN at ilang ay may ang PANG-ISAHAN).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 11:20-26

**[20]At sa pagdaraan nila pagka umaga, ay nakita nila na ang puno ng igos ay tuyo na mula sa mga ugat. [21]At sa pagkaalaala ni Pedro ay sinabi sa kaniya, Rabi, narito, ang sinumpa mong puno ng igos ay natuyo. [22]At pagsagot ni Hesus ay sinabi sa kanila, Magkaroon kayo ng pananampalataya sa Diyos. [23]Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang sinomang magsabi sa bundok na ito, Mapataas ka at mapasugba ka sa dagat; at hindi magalinlangan sa kaniyang puso, kundi manampalataya na mangyayari ang sinabi niya; ay kakamtin niya yaon. [24]Kaya nga sinasabi ko sa inyo, Ang lahat ng mga bagay na inyong idinadalangin at hinihingi, ay magsisampalataya kayo na inyong tinanggap na, at inyong kakamtin. [25]At kailan man kayo ay nangakatayong nagsisipanalangin, mangagpatawad kayo, kung mayroon kayong anomang laban sa kanino man; upang ang inyong Ama naman na nasa langit ay patawarin kayo ng inyong mga kasalanan. [26]Datapuwa't kung hindi kayo magpapatawad, hindi rin kayo patatawarin sa inyong mga kasalanan ng inyong Ama na nasa mga langit.**

**11:20 "At sa pagdaraan nila"** Kaniyag tinahak ang katulad na ruta mula sa Betania to Herusalem.

▣ **"tuyo na mula sa mga ugat"** Ito ay ang tanda ng lubusang patanggi ng Israel (cf. Marcos 12:1-12), o kahit na papaano, ng kaniyang kasalukuyang mga pinuno.

**11:21 "sa pagkaalaala ni Pedro ay sinabi sa kaniya"** Malinaw na naaalala ni Pedro!

**11:22 "pagsagot ni Hesus ay sinabi sa kanila"** Si Pedro muli ay kumikilos bilang tagapagsalita para sa lahat ng mga iniisip ng alagad.

▣ **"'Magkaroon ng pananampalataya sa Diyos'"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS. Ito ay isang karaniwang paksa sa Ebanghelyo. Ang pananampalataya/pagtitiwala/paniniwala (i.e., PANGNGALAN, *pistis;* PANDIWA, *pisteuō*; tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:15) kay YHWH (at Kaniyang Mesias) ay ang tanging pag-asa ng nalugmok na sangkatauhan. Ang kasalukuyang sistemo ng mundo at kaniyang mga kayariang kapangyarihan ay hindi dapat makahikayat ng ating pansin at pagkabahala. Ang Diyos ay kasama natin at para sa atin. Tumingin ka sa Kaniya, tanging sa Kaniya!

Ang simbolikong pagkilos na ito ng kahatulan at patanggi ay nakaapekto sa kanilang kabuuang tradisyunal na sistema ng paniniwala. Maaari lang nating maisip kung gaano ang pagiging radikal ng bagong mga katuruan at mga pananaw ni Hesus kung ihahambing sa mga tradisyunal na unang siglo Hudyo! Si Hesus ay makapangyarihan at maliwanag na itinanggi ang Templo (gaya ng pag-iral nito) at ang pamumuno, kapwa mga Saduceo at mga Fariseo (kapwa liberal, Hillel, at konserbatibo, Shammai).

Mayroong isang Griyegong kasulatan kaibahan na nagdaragdag ng Griyegong katagang may pasubali *ei* (i.e., "kung") sa MSS א at D. Ginawa nito iyon na isang UNANG URING MAY PASUBALI NA PANGUNGUSAP. Gayunman, ang presensiya nito ay maaaring isang Hebraikong wikain na nagpapakita ng isang tuwirang sipi. Iyon ay hindi isinama sa MSS A, B, C, L, o W, o sa anumang mga saling Ingles na ginamit sa komentaryong ito. Iyon maaaring mula sa mga eskriba na nagnanais na iyon ay maging eksaktong katulad ng Lucas 17:6 o kahit na Mateo 21:21 (na may *ean* sa halip na *ei* ng Lucas).

**11:23 "Katotohanan"** Ito sa literal ay "amen." Tingnan ang Natatanging Paksa sa 3:28.

▣ **"'sa bundok na ito'"** Ito ay (1) maaaring isang literal na sanggunian sa Bundok ng Olivo (cf. Zacarias 14:4) o (2) isang talinghaga gaya ng sa Zacarias 4:7. Ang pariralang ito ay isang karaniwang rabinikal na talinghaga para sa pag-aalis ng kahirapan.

Sa OT, ito ay uri ng "pagpapatag" wika na kadalasang ginagamit upang ilarawan ang pagdating ni YHWH (cf. Mikas 1:3-4; Habbakuk 3:6). Siya ay makikita ng lahat sa mundo dahil ang mga bundok ay papatag (cf. Zacarias 14:4) at ang mga lambak ay mapupuno at ang mga ilog at mga dagat ay matutuyo, upang ang lahat ay lumapit sa Kaniya sa Herusalem. Ito matalinghagang kalikasan ng wika ay pinalitan sa NT ng mga nangangailangang tao na lumalapit kay Hesus, hindi Herusalem. Sa ang NT, ang "Herusalem" sa Palestino ay naging "bagong Herusalem," ang banal na lungsod na bumaba sa langit. Ang NT ay ginawang panglahat ang mga propesiya sa OT na nauugnay sa heograpikong Herusalem at Palestino.

▣ **"'sa dagat'"** Ito ay maaaring isang sanggunian sa Dagat na Patay, na makikita mula sa Bundok ng Olivo.

▣ **"'hindi mag-alinlangan'"** Ang pananampalataya ay isang susing salik ng panalangin (cf. Santiago 1:6-8).

▣ **"puso"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:6.

**11:23-24 "kakamtin niya yaon"** Ang kapahayagang ito ay kailangang timbanging kasama ang ibang mga biblikal na kapahayagan tungkol sa panalangin. Ito ay isang mabuting halimbawa kung bakit hindi dapat gamitin na patunay-teksto ang isang talatang at sinasabing "ang Bibliya ay nagsasabing iyon, napagpasyahan na iyon." Ang Bibliya ay mas maraming sinasabi tungkol sa panalangin. Ang pinakamasamang bagay na magagawa ng Diyos sa karamihan ng mga Kristiyano ay tugunan ang kanilang mga panalangin! Kadalasan, tayo ay nananalangin sa lahat ng masamang bagay. Pakibasa at pagnilay-nilayan ang Natatanging Paksa sa ibaba sa "Mabisang Panalangin."

## NATATANGING PAKSA: MABISANG PANALANGIN (EFFECTIVE PRAYER)

A. Nauugnay sa personal na pakikipag-ugnayan sa Trinidad na Diyos
  1. Nauugnay sa kalooban ng Ama
    a. Mateo 6:10
    b. I Juan 3:22
    c. I Juan 5:14-15
  2. Pananatili kay Hesus
    a. Juan 15:7
  3. Pananalangin sa pangalang ni Hesus
    a. Juan 14:13,14
    b. Juan 15:16
    c. Juan 16:23-24
  4. Pananalangin sa Espiritu
    a. taga-Efeso 6:18
    b. Hudas 20

B. Nauugnay sa personal na layunin
1. Hindi nag-aalinlangan
a. Mateo 21:22
b. Santiago 1:6-7
2. Humihiling ng masama
a. Santiago 4:3
3. Humihiling ng makasarili
a. Santiago 4:2-3
C. Nauugnay sa personal na pagpili
1. Pagtitiis
a. Lucas 18:1-8
b. taga-Colosas 4:2
c. Santiago 5:16
2. Sigalot sa tahanan
a. I Pedro 3:7
3. Kasalanan
a. Awit 66:18
b. Isaias 59:1-2
c. Isaias 64:7

Ang lahat ng panalangin ay sinasagot, ngunit hindi lahat ng panalanging ay mabisa. Ang panalangin ay isang pangdalawahang pakikipag-ugnayan. Ang pinaka malalang bagay na maaaring gawin ng Diyos ay ibigay sa mga mananampalataya ang mga hindi naaangkop na kahilingan.

**11:24 "'na inyong tinanggap na'"** Mayroong isang kasulatang kaibahan na nauugnay sa PANAHUNAN ng PANDIWA *lambanō*. Ang AORIST, na nagpapakilala isang Hebreong wikain ng isang inaasahang katuparan, ay matatagpuan sa MSS א, B, C, L, at W. Tila ito ay binago ng mga eskriba (1) sa PANGHINAHARAP NA PANAHUNAN upang itugma sa Mateo 21:22 (cf. MS D at ang Vulgata) o (2) sa PANGKASALUKUYANG PANAHUNAN (cf. MS A at ang saling Armeniano).

**11:25 "'kailan man kayo ay nangakatayong nagsisipanalangin'"** Ang karaniwang ayos sa panalangin ay nakatayo na nakabukas ang mata at ang ulo at mga bisig na nakaturo sa itaas. Sila ay nananalangin na parang kinakausap ang Diyos.

▣ **"'mangagpatawad kayo, kung mayroon kayong anomang laban sa kanino man'"** Ang ating pagpapatawad sa kapwa ay ang katibayan, hindi batayan, ng ating kapatawaran (cf. Mateo 5:7; 6:14-15; 7:1-2; 18:21-35; Lucas 6:36-37; taga-Efeso 4:32; taga-Colosas 3:13; Santiago 2:13; 5:9). Ang di-mapagpatawad na tao ay hindi pa nakatagpo ang Diyos!

▣ **"kung"** Ito ay isang UNANG URING MAY PASUBALI NA PANGUNGUSAP. Ang mga mananampalataya ay kadalasang nagtatanim ng sama ng loob. Ang pagkakilala sa Diyos kay Kristo ay dapat baguhin ang ganitong pag-uugali. Tayo ay pinatawad nang lubusan na dapat bang pakitunguhan ang kapaw na nilikha sa larawan ng Diyos na may pagalipusta at pinagpasyahang kapootan?

▣ **"'upang ang inyong Ama naman na nasa langit'"** Si Hesus na nagsasalita ng Aramaiko, na nangangahulugang maraming mga lugar na makikita ang "Ama" bilang Griyegong, *Pater,* iyon ay maaaring nagpapakilala ng Aramaikong *Abba* (cf. 14:36). Ito pampamilyang termino na "Tatay" o "Papa" na nagpapakilala ng pagkamalapit ni Hesus sa Ama; inihayag Niya iot sa Kaniyang mga tagasunod upang pasiglahin din ang ating sariling pagkamalapit sa Ama. Ang terminong "Ama" ay ginamit lamang OT para kay YHWH, ngunit madalas at malaganap iyon gamitin ni Hesus. Iyon ay isang pangunahing kapahayagan ng ating bagong kaugnayan sa Diyos sa pamamagitan ni Kristo.

**11:26** Ang talatang ito ay hindi makikita sa Griyegong ansialong mga kasulatan א, B, L, at W. Iyon ay kasama sa maraming mga kaibahan sa MSS A, D, K, X, at ang Peshittang salin at ang Diatessaron (i.e., ang apat na mga Ebanghelyo isinama sa isa). Iyon ay tila pagdaragdag ng sinaunang eskriba ng pariralang ito mula sa Mateo 6:15.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 11:27-33

**[27]At sila ay nagsiparoong muli sa Herusalem: at samantalang lumalakad siya sa templo, ay nagsilapit sa kaniya ang mga pangulong saserdote, at ang mga eskriba, at ang matatanda; [28]At sinabi nila sa kaniya, Sa anong kapamahalaan ginagawa mo ang mga bagay na ito? o sino ang sa iyo'y nagbigay ng kapamahalaang ito upang gawin mo ang mga bagay na ito? [29]At sa kanila'y sinabi ni Hesus, Tatanungin ko kayo ng isang tanong, at sagutin ninyo ako, at aking sasabihin sa inyo kung sa anong kapamahalaan ginagawa ko ang mga bagay na ito. [30]Ang bautismo ni Juan, ay mula baga sa langit, o sa mga tao? sagutin ninyo ako. [31]At kanilang pinagkatuwiranan sa**

**kanilang sarili, na sinasabi. Kung sabihin natin, Mula sa langit; ay sasabihin niya, Bakit nga hindi ninyo siya pinaniwalaan? [32]Datapuwa't kung sabihin natin, Mula sa mga tao-ay nangatatakot sila sa bayan: sapagkat kinikilala ng lahat na si Juan ay tunay na propeta. [33]At sila ay nagsisagot kay Hesus at nagsipagsabi, Hindi namin nalalaman. At sinabi ni Hesus sa kanila, Hindi ko rin sasabihin sa inyo kung sa anong kapamahalaan ginagawa ko ang mga bagay na ito.**

**11:27 "sila'y nagsiparoong muli sa Herusalem"** Ito ay tila nagpapahiwatig na iniwan nila ang Herusalem at gumugol ng mga gabi pabalik sa Betania, maaaring kasama sila Lazaro, Maria, at Martha.

▣ **"lumalakad sa templo"** Naiisip mo ba kung paano Siya pinagmamasdan ng mga nagangalakal! Si Hesus ay hindi nagtago mula sa kanila o iniwasan ang paghaharap. Ito ang Kaniyang pagkakataon ng impluwensiya sa Herusalem.

▣ **"mga pangulong saserdote, at ang mga eskriba, at ang matatanda"** Ito ay ang buong pagkakailanlan para sa Sanhedrin. Ito ay isang opisyal na nangungunang kinatawan ng pitumpung miyembro sa Herusalem, na ng ang Dakilang Synagogue ng Ezra's day. Iyon ay made up ng ang Punong Saserdote at kaniyang pamilya, lokal na mga eskriba, at mayaman, influential elders mula sa ang Herusalem area. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 12:13.

**11:28 "'Sa anong kapamahalaan ginagawa mo ang mga bagay na ito'"** Ito ay naging at ang napakahalagang tanong tungkol kay Hesus. Saan Niya nakuha ang Kaniyang kapangyarihan at awtoridad na magsalita at kumilos? Si Hesus ay hindi umakma sa kanilang inaasahang hulma ng kung ano ang gagawin at sasabihin ng Mesias ni YHWH!

**11:29** Hesus ay kadalasang ginagamit ang pangalawang-tanong na pamamaraan kapag nakikitungo sa kanilang sumusubok na sumilo o luminlang sa Kaniya (cf. 2:6-9,19,25-26; 3:23-24; 10:3,37-39; 12:14-16). Siya ay magbubukas sa kanila sila ay magiging bukas sa Kaniya (cf. v. 33).

**11:30 "'Ang bautismo ni Juan, ay mula baga sa langit'"** Tinugon ni Hesus ang kanilang tanong ng isang tanong na tumutukoy sa kanilang pagtanggi kay Juan Bautista. Hindi nila talaga hinahanap ang katotohanan (cf. vv. 31-33). Sila ay mas nag-aalala sa kanilang mga reputasyon at pananatili ng kapangyarihan (cf. v. 32).

**11:31 "kung"** Ito ay isang PANGATLONG URING MAY PASUBALI NA PANGUNGUSAP, na nangangahulugang maaaring pagkilos.

**11:33** Tumugon sa kanila si Hesus sa pamamagitan ng talinghaga sa Marcos 12:1-12, na isa sa pinakamalalang kahatulan sa Israel at sa kaniyang mga pinuno sa kabuuan ng NT.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ano ang inihahayag ng kabanatang ito tungkol kay Hesus?
2. Bakit tinanggap ni Hesus ang titulong "Anak ni David?"
3. Paano nauugnay ang pananampalataya sa pagpapagaling?
4. Bakit lubhang mahalaga ang Matagumpay na Pagpasok?
5. Ano ang kahulugang ng mga sigaw ng karamihan ng tao?
6. Bakit sinumpa ni Hesus ang puno ng igos?
7. Bakit itinaboy ni Hesus ang mga mangangalakal? Ito ba ang unang pagkakataon?
8. Bakit hindi Siya pinigilan ng mga tagabantay ng templo?
9. Maaari ba tayong humiling sa Diyos ng anumang bagay? Paano nauugnay ang ating pananampalataya tinugunang panalangin?
10. Bakit isang napakahalaga tanong ang v. 28?

# MARCOS 12

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Parabula ng Ubusan at Mga Manggagawa | Ang Parabula ng Mga Masasamang Manggagawa | Parabula ng Ubasan | Ang Parabula ng Mga Mangagawa sa Ubasan | Parabula ng Masasamang Manggagawa |
| 12:1-11 | 12:1-12 | 12:1-11 | 12:1-8 | 12:1-11 |
| | | | 12:9-11 | |
| 12:12 | | 12:12 | 12:12 | 12:12 |
| Pagbabayad ng Buwis kay Cesar | Ang mga Fariseo: Sang-ayon ba sa Batas ng Magbuwis? | Pagbabayad ng Buwis kay Cesar | Ang Tanong tungkol sa Pagbabayad ng Buwis | Buwis kay Cesar |
| 12:13-17 | 12:13-17 | 12:13-17 | 12:13-14 | 12:13-17 |
| | | | 12:15 | |
| | | | 12:16a | |
| | | | 12:16b | |
| | | | 12:17a | |
| | | | 12:17b | |
| Ang Tanong Tungkol sa Muling Pagkabuhay | Ang mga Saduceo: Ano ang Tungkol sa Pagkabuhay? | Mga Tanong Tungkol sa Muling Pagkabuhay | Ang Tanong sa Pagbangon mula sa Kamatayan | Ang Pagkabuhay mula sa Patay |
| 12:18-27 | 12:18-27 | 12:18-23 | 12:18-23 | 12:18-23 |
| | | 12:24-27 | 12:24-27 | 12:24-27 |
| Ang Dakilang Kautusan | Ang mga eskriba: Ano ang Unang Kautusan ng Lahat? | Ang Dakilang Kautusan | Ang Dakilang Kautusan | Ang Dakilang Kautusan ng Lahat |
| 12:28-34 | 12:28-34 | 12:28-34 | 12:28 | 12:28-34 |
| | | | 12:29-31 | |
| | | | 12:32-33 | |
| | | | 12:34 | |
| Ang Tanong Tungkol sa Anak ni David | Hesus: Paano Matatawag na Panginoon ni David ang Kaniyang Supling? | Anak ni David | Ang Tanong Tungkol sa Mesias | Si Hesus ay Hindi Lamang Anak ngunit Panginoon din ni David |
| 12:35-37 | 12:35-37 | 12:35-37 | 12:35-37a | 12:35-37 |
| Ang Pagtuligsa sa mga Eskriba | Mag-ingat sa mga Eskriba | Mga Kasabihang sa Kaya-bangan at Pakumbabaan | Nagbabala si Hesus laban sa mga Guro ng Kautusan | Tinuligsa ni Hesus ang mga Eskriba |
| | | | 12:37b-40 | |
| 12:38-40 | 12:38-40 | 12:38-40 | | 12:38-40 |
| Ang Kaloob ng Balo | Dalawang Kusing ng Balo | Ang Kaloob ng Balo | Ang Kaloob ng Balo | Dalawang Kusing ng Balo |
| 12:41-44 | 12:41-44 | 12:41-44 | 12:41-44 | 12:41-44 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng pagpapaliwanag. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata
2. Pangalawang talata
3. Pangatlong talata
4. Atbp.

## MGA KAAGAPAY SA SINOPTIKONG EBANGHELYO

I. Ang mga kinatawan ng Sanhedrin ay nagbigay ng mga katanungan (cf. 11:27-12:12) at si Hesus ay tumugon sa isang talinghaga (Marcos 12:1-12). Ito ay kaagapay sa Mateo 21:33-46 at Lucas 20:1-19.

II. Ang mga Fariseo at ang mga Herodiano ay nagtanong tungkol sa pagbabayad ng mga buwis kay Cesar (Marcos 12:13-17), na kaagapay sa Mateo 22:15- 22 at Lucas 20:20-26.

III. Ang mga Saduceo ay nagbigay ng isang tanong tungkol sa muling pagkabuhay (Marcos 12:18-27), na kaagapay sa Mateo 22:23-33 at Lucas 20:27-40.

IV. Ang isang eskriba ay nagtanong tungkol sa pinakadakilang kautusan (Marcos 12:28-34), na kaagapay sa Mateo 22:34-40.

V. Si Hesus ay nagtanong sa mga pinunong Hudyo ng isang tanong tungkol sa kaugnayan ng Mesias kay David (Marcos 12:35-37), na kaagapay sa Mateo 22:41-46 at Lucas 20:41-44.

VI. Itinakuwil ni Hesus ang mga eskriba (Marcos 12:38-40) at iyon ay kaagapay sa Mateo 23:1-39 at Lucas 20:45-47.

VII. Ang pangsakripisyong pagkakaloob ng balo (Marcos 12:41-44) ay kaagapay sa Lucas 21:1-4.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 12:1-11

**1At nagpasimulang pinagsalitaan niya sila sa mga talinghaga. Nagtanim ang isang tao ng isang ubasan, at**
**binakuran ng mga buhay na punong kahoy, at humukay roon ng isang pisaan ng ubas, at nagtayo ng isang**
**bantayan, at ipinagkatiwala yaon sa mga magsasaka, at napasa ibang lupain. 2At sa kapanahunan *ng pag-aani* ay**
**nagsugo siya ng isang alipin sa mga magsasaka, upang tanggapin niya sa mga magsasaka ang mga bunga ng**
**ubasan. 3At hinawakan nila siya, at hinampas siya, at siya ay pinauwing walang dala. 4At siya ay muling nagsugo sa**
**kanila ng ibang alipin; at ito'y kanilang sinugatan sa ulo, at dinuwahagi. 5At nagsugo siya ng iba; at ito'y kanilang**
**pinatay: at ang iba pang marami; na hinampas ang iba, at ang iba'y pinatay. 6Mayroon pa siyang isa, isang**
**sinisintang anak na lalake: ito'y sinugo niyang kahulihulihan sa kanila, na sinasabi, Igagalang nila ang aking anak.**
**7Datapuwa't ang mga magsasakang yaon ay nangagsangusapan, Ito ang tagapagmana; halikayo, atin siyang**
**patayin, at magiging atin ang mana. 8At siya ay kanilang hinawakan, at siya ay pinatay, at itinaboy sa labas ng**
**ubasan. 9Ano nga kaya ang gagawin ng panginoon ng ubasan? siya ay paroroon at pupuksain ang mga magsasaka,**
**at ibibigay ang ubasan sa mga iba. 10Hindi man lamang baga nabasa ninyo ang kasulatang ito: Ang batong**
**itinakuwil ng nangagtayo ng gusali, Ang siya ring ginawang pangulo sa panulok; 11Ito'y mula sa Panginoon, At ito'y**
**kagilagilalas sa harap ng ating mga mata.**

**12:1 "pinagsalitaan niya sila sa mga talinghaga"** "Sila" ay tumutukoy nang tuwiran sa mga kinatawan mula sa Sanhedrin (cf. 11:27), ngunit di-tuwiran sa malaking bilang ng karamihan ng tao.

Ang buong kabanata ay isang kalipunan ng mga tanong mula sa mga pang-relihiyong pinuno:
1. mula sa Sanhedrin (11:27-12:12)
2. mula sa mga Fariseo at mga Herodiano (12:13-17)
3. mula sa mga Saduceo (12:18-27)
4. mula sa isang eskriba (12:28-34)
5. mula kay Hesus (11:29-33; 12:9,35-37)

▣ **"'NAGTANIM ANG ISANG TAO NG ISANG UBASAN, AT BINAKURAN NG MGA BUHAY NA PUNONG KAHOY, AT HUMUKAY ROON NG ISANG PISAAN NG UBAS, AT NAGTAYO NG ISANG BANTAYAN'"** Ito ay isang sipi mula sa Septuagint ng Isaias 5:1-2. Ang ubasan ay isa sa mga simbolo para sa bayan ng Israel (gaya ng puno ng igos sa 11:12-14,20-25). Ang Isaias 5 ay gumagamit ng isang katutubong awin sa ubasan upang ipahayag ang Israel. Isinam ng Mateo ang maraming ibang pang mga talinghaga na tumutukoy din sa bayan ng Israel (cf. Mateo 22:1-14). Iyon ay mahirap malaman kung tinanggihan ng Diyos ang

1. mga iligal, di-Aaronikong pinuno ng Israel
2. kaniyang makasarili, mapang-husgang legalismo
3. ang kawalang-pananampalataya ng bayan bilang isang kabuuan. Ang Israel, kasama ang lahat ng kaniyang mga pangkasunduang karapatan (cf. taga-Roma 9:4-5), ay ibinibilang ding may pananagutan para sa Mosaikong kasunduan (cf. Deuteronomio 27-28)

Iyon ay nakakagulat kung paanong ang magkaibang pamamaraan ng Isaias 5 sa paglalarawang ng malaya at makukuhang pag-ibig ng Diyos para sa lahat ng lalapit ay inihambing sa kahigpitan at magiging marahas ng mga manggagawa sa talinghagang ito.

**12:2 "'sa kapanahunan *ng pag-aani*'"** Kadalasan, tumatagal ng limang taon para sa mga ubasan na magsimulang mamunga sa antas ng pangangalakal. Inaasan ang may-ari na makilahok sa kaniyang pamumuhunan.

**12:2,4,5,6 "'nagsugo'"** Ang Diyos ay nagtangkang makipag-ugnayan sa pamamagitan ng pagpapadala ng maraming mga kinatawan, kahit na ang Kaniyang sariling anak. Ito ay kumakatawan sa matiyagang nagtitiis ng Diyos at Kaniyang pagnanais na maitatag ang isang pangkasunduang kaugnayan.

**12:2,4,5 "'isang alipin'"** Ang mga alipin ay kumakatawan sa mga propeta ng OT. Ang Mateo, gaya ng katangian, ay may dalawang mga alipin (cf. Mateo 21:34). Ang tekstong ito ay maliwanag na nagpapakita kung paano pinagsama ng Mateo ang tala ni Marcos ng maraming mga alipin sa bawat panahon ng tanong pangyayari.

**12:3 "'hinampas'"** Ito ay tumutukoy sa isang marahas na pagpalo. Iyon sa literal ay nangangahulugang "balatan" o "talupan" (cf. 13:9).

**12:4 "'sinugatan sa ulo'"** Ito ay tumutukoy sa paulit-ulit na pagpalo sa ulo. Iyon ay nagpapakita ang pang-aabusong naranasan ng mga kumakatawan sa Diyos at nagsasalita para sa Kaniya (i.e., ang mga propeta sa OT) sa Kaniyang mapanghimagsik na kasunduang bayan.

▣ **"'dinuwahagi'"** Ito ay isang MAKADIWA na anyo ng pangalang Timoteo, na nangangahulugang "karangalan" o "halaga" na may ALPHA PRIVATIVE. Iyon ay tumutukoy sa "patratong may pag-alipusta" o "lubusang kawalang-galang" (cf. Santiago 2:6).

**12:5** Bakit nagpadala ang Diyos ng lingkod pagkatapos ng isang lingkod? Nilikha ng Diyos ang sangkatauhan para sa isang layunin—pakikipag-ugnayan sa Kaniyang sarili. Nais Niyang maitatag ang isang bayan na tulad ng Kaniyang sarili, ngunit sila/tayo ay hindi. Ngunit, sinusubukan ng Diya na muli at muling abutin tayo! Siya ay may isang "pag-ibig na hindi lilisan" para sa Kaniyang nilikha.

**12:6 "'Mayroon pa siyang isa, isang sinisintang anak na lalake'"** Maliwanag itong tumutukoy kay Hesus. Ang katulad na parirala ay ginamit ng Ama sa bautismo ni Hesus (Mateo 1:11; 3:17) at pagpapalit ng anyo (9:7; Mateo 17:5). Ang katulad na katotohanang ito katotohanan ay makikita sa Juan 3:16 at Hebreo 1:1-2. Iyon ay isang pagsasama ng isang Maharlikang Awit (i.e., 2:7) at isang talata ng Nagdurusang Alipin (i.e., Isaias 42:1).

**12:7 "'at magiging atin ang mana'"** Sa kautusan, ito ay tumutukoy sa Hudyong batas ng "pag-aaring walang may-ari" na na maaaring angkinin sa pamamagitan ng karapatan sa pag-angkin. Iyon ay nagpapakilala ng nalugmok na pag-uugali ng sangkatauhan na "mas marami sa akin kahit sa anong paraan." Ang sangkatauhan ay nais gawin ang sarili na Diyos (cf. Genesis 3).

**12:8 "'itinaboy sa labas ng ubasan'"** Ang di-wastong paglibing ay nagpapakita ng lubusang pagsuway ng mga umuupa sa may-ari at kaniyang anak!

Ang mga kaagapay ng Ebanghelyo ay inilalarawan ang pagkakasunod-sunod habang kanilang tinapon ang anak sa labas ng ubasan at pagkatapos ay pinatay siya (cf. Mateo 21:39; Lucas 19:15). Ito ay maaaring magpakilala ng karagdagan sa kamatayan ni Hesus sa labas ng mga pader ng lungsod ng Herusalem.

**12:9** Ang talatang ito ay nagpapakita ng pagtugon ng Diyos sa kanioang pinatay ang Kaniyang iisang Anak. Sa Ebanghelyo ni Marcos, si Hesus ay nagtatanong sa karamihan ng tao isang tanong. Ito ay nagpapakilala ng Isaias 5:3-4, kung saan ang

propeta ay nagbibigay ng isang tanong. Ang mga tagapakinig ay tinanggihan mula sa kanilang sariling bibig (i.e., Mateo 21:41). Ibibilang ng Diyos na may pagsusulit ang lahat ng umiiral na nilikha para sa kaloob na buhay. Iyong aanihin kung ano ang iyong tinanim (cf. 4:21-25; Mateo 13:12; 25:14- 30; taga-Galacia 6:7).

▣ **"ibibigay ang ubasan sa mga iba**" Ang "iba" ay tila tumutukoy sa iglesiya, na binubuo ng nananampalatayang mga Hudyo at mga Hentil (cf. taga-Efeso 2:11-3:13).

**12:10 "'Hindi man lamang baga nabasa ninyo ang kasulatang ito'"** Ito ay panimula ni Hesus sa isang talatang na ginamit bawat taon sa kanilang pagprusisyon na pagtanggap ng mga manlalakbay sa Herusalem (i.e., Mga Awit 118:22-23). Ang tanong na ito ay isang inuulit na paksa sa NT (cf. Mateo21:42; Lucas 20:17; Mga Gawa 4:11; taga-Roma 9:32-33; I Pedro 2:7). Iyon ay ipinapaliwanag ang suliranin kung paanong nawaglit ng Israel ang kaniyang Mesias (cf. taga-Roma 9-11). Ang kapahayagang ito ay isang sampal sa mukha sa kanilang nag-aangking nalalaman ang Banal na Kasulatan!

▣ **"BATO"** Ito ay isang sipi ng Mga Awit 118:22-23 mula sa Septuagint. Sa rabinikal na mga sinulat, ito bato, ang batong ito ay tumutukoy kina Abraham, David, o ang Mesias (cf. Daniel 2:34-35). Ang parehong Awil ay sinisipi bilang bahagi ng mga Hallel na Awit, na ginamit upang tanggapin ang mga padating mga manlalakbay sa Herusalem para sa Paskwa.

▣ **"MGA NANGAGTAYO"** Sa rabinikong kasulatan, ang terminong ito ay tumutukoy sa mga eskriba. Ang mga puna ni Hesus na idinagdag ay naitala sa Mateo 21:43-44. Pansinin dito, ang mga tagapagtayo ay hinatulan dahil hindi nakita ang pinakamahalagang katotohanan: si Hesus ay ang ipinangakong Mesias.

▣ **"'ANG PANGULONG PANULUKANG *bato*'"** Ang talinghaga ng Mesias bilang isang bato ng nagmumula sa maraming pagkakagamit sa OT.

1. Kalakasan at katatagan ni YHWH (cf. Mga Awit 18:1-2)
2. ang pangitain ni Daniel sa kabanata 2 (cf. Daniel 2:34-35,48)
3. ang bahagi ng gusali alinman sa
   a. pasimula ng gusali (i.e., panulukang bato)
   b. tumatangan sa bigat ng gusali (i.e., panggitnang bato o punong-bato sa arko)
   c. pangtapos ng gusali (i.e., itaas na bato o pantakip na bato)

Ang gusali ay tumutukoy na patalinghag sa bayan ng Diyos, ang tunay na templo (cf. I taga-Corinto 3:16-17; II taga-Corinto 6:16; taga-Efeso 2:19-22).

## NATATANGING PAKSA: SANDIGANG BATO (CORNERSTONE)

I. Mga Pagkakagamit sa OT
   A. Ang konsepto ng isang bato bilang isang matigas at matibay na bagay na nakagagawa ng isang mabuting saligan (pundasyon) ay ginamit upang ilarawan si YHWH (cf. Job 38:6; ang Awit 18:2 ay gumagamit ng dalawang salita para sa "bato," BDB 700, 849).
   B. Ito ay yumabong sa isang titulo ng Mesias (cf. Genesis 49:24; Awit 118:22; Isaias 28:16).
   C. Ang terminong "bato" o "maliit na bato" ay dumating upang katawanin ang isang kahatulan mula kay YHWH sa pamamagitan ng Mesias (cf. Isaias 8:16 [BDB 6 KAYARIAN BDB 103]; Daniel 2:34-35,44-45 [BDB 1078]).
   D. Ito ay yumabong sa isang talinghagang panggusali (lalo na sa Isaias 28:16).
      1. Isang saligang bato, ang unang inilalagay, na siyang nagtitiyak at nagtatakda ng mga panulukan para sa natitiran bahagi ng gusali, ay tinatawag na "ang sandigang bago"
      2. ito ay maaaring tumutukoy sa panghuling bato na ilalagay, na humahawak sa pader na magkakasama, (cf. Zacarias 4:7; Efeso 2:20,21), ay tinatawag na "ang mataas na bato," mula sa Hebreong *rosh* (i.e., ulo)
      3. ito ay maaaring tumutukoy sa "susing bato," na nasa gitna ng arko ng dadaanan ng pinto at humahawak sa bigat ng buong pader

II. NT Mga Pagkagamit
   A. Sinipi ni Hesus ang Awit 118 nang araming beses na tumutukoy sa Kanyang sarili (cf. Mateo 21:41-46; Marcos 12:10-11; Lucas 20:17)
   B. Ginami ni Pablo ang Awit 118 sa kaugnayan nito sa pagtanggi ni YHWH sa kawalang pananampalatay, mapanghimagsik na Israel (cf. taga-Roma 9:33)
   C. Ginagamit ni Pablo ang konseptong sa isang "sandigang-bato" sa Efeso 2:20-22 na tumutukoy kay Kristo
   D. Ginagamit ni Pedro ang konseptong ito kay Hesus sa I Pedro 2:1-10. Si Hesus ay ang sandigang-bato at ang mga mananampalataya ay mga buhay na bato (i.e., mga mananampalataya bilang mga templo, cf. I taga-Corinto 6:19), na natatag sa Kaniya (i.e., Si Hesus ay ang bagong Templo, cf. Marcos 14:58; Mateo 12:6; Juan 2:19-20). Ang mga Hudyo ay tinanggihan ang tunay na sandigan ng kanilang pag-asa noong tinanggihan nila si Hesus bilang Mesias.

III. Mga Teolohikong Pamamahayag

A. Pinahintulutan ni David/Solomon na itayo ang templo. Sinabi Niya sa kanila na kapag iningatan nila ang kasunduan, sila ay Kaniyang pagpapalain at makakasama nila (cf. II Samuel 7), ngunit ngunit kung hindi nila gagawin, ang templo ay mawawasak (cf. I Hari 9:1-9)!

B. Ang Rabinikong Judaismo ay tumutuon sa anyo at ritwal at pinapabayaan ang personal na aspeto ng pananampalataya (cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:22-38). Naghahanaw ang Diyos ng isang pang-araw-araw, personal, maka-Diyos pakikipag-ugnayan sa mga nilikha sa Kanyang larawan (cf. Genesis 1:26-27). Ang Lucas 20:17-18 ay naglalaman ng mga nakakatakot na mga salita ng kahatulan, tulad ng sa Mateo 5:20, papuntang Judaismo.

C. Ginamit ni Hesus ang konsepto ng isang templo na kumakatawan sa Kanyang pisikal na katawan (cf. Juan 2:19-22). Ito ay pinapatuloy at pinapalaki ang konsepto ng personal na pananampalataya kay Hesus bilang ang Mesias ay susi sa isang pakikipag-ugnayan kay YHWH (i.e., Juan 14:6; I Juan 5:10-12).

D. Ang kaligtasan ay nangangahulugan na ipanumbalik ang nasirang larawan ng Diyos sa sangkatauhan (Genesis 1:26-27 at kabanata 3) upang ang pagkikipag-ugnayan sa Diyos ay maaari. Ang layunin ng Kristiyanismo ay pagiging katulad ni Kristo ngayon. Ang mga mananampalataya ay kailangang maging mga buhay na bato (i.e., mga maliliit na templo na itinayo/itinulad kay Kristo).

E. Si Hesus ay ang sandigan ng ating pananampalataya at ang sandigang-bato ng ating pananampalataya (i.e., ang Alpha at Omega). Ngunit gayundin ang bato ng pagkatisod at bato ng pag pagdurusa. Ang Siya ay hindi matagpuan ay hindi ay hindi matagpuan ang lahat ng bagay. Walang maaaring panggitnang saligan dito!

**12:11** Ang talatang ito nagpapahiwatig na ang lahat ng bagay na nangyari sa pagtanggi at kamatayan ni Hesus ay pauna nang nalalaman at hinulaan (cf. Isaias 53:10; Lucas 22:22; Mga Gawa 2:23; 3:18; 4:28; I Pedro 1:20).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 12:12

**12At pinagsikapan nilang hulihin siya; at sila ay natakot sa karamihan; sapagkat kanilang napaghalata na kaniyang sinalita ang talinghaga laban sa kanila: at siya ay iniwan nila, at nagsialis.**

**12:12 "pinagsikapan nilang hulihin siya"** Ang mga Hudyong pinuno ay nauunawaan na ang talinghaga ay tumutukoy sa kanila at sila ay kumikilos sa hinulaang paraan (i.e., tinangkang patayin Siya).

▣ **"sila ay natakot sa karamihan"** Ang mga pinuno ay tumitingin sa kasalukuyang mga opinyon (cf. 11:18,32; Mateo 21:26,46; Lucas 19:48) kaysa sa salita ng Diyos upang magpasiya ng kanilang mga gawa.

▣ **"kanilang napaghalata na kaniyang sinalita ang talinghaga laban sa kanila"** Ang panghalip na "sila" ay maaaring nauunawaan sa isa sa dalawang paraan: (1) ang mga pinuno ay natatakot sa kasikatan ni Hesus sa karamihan ng tao (cf. Mateo 21:45) o (2) ang karamihan ng tao rin ay nauunawaan na ang talinghaga ay pumapatungkol sa pang-relihiyong pinuno.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 12:13-17

**13At kanilang sinugo sa kaniya ang ilan sa mga Fariseo at sa mga Herodiano, upang siya ay mahuli nila sa pananalita. 14At nang sila ay magsilapit, ay kanilang sinabi sa kaniya, Guro, nalalaman namin na ikaw ay totoo, at hindi ka nangingimi kanino man; sapagkat hindi ka nagtatangi ng mga tao, kundi itinuturo mong may katotohanan ang daan ng Diyos: Matuwid bagang bumuwis kay Cesar, o hindi? 15Bubuwis baga kami, o hindi kami bubuwis? Datapuwa't siya, na nakatataho ng kanilang pagpapaimbabaw, ay nagsabi sa kanila, Bakit ninyo ako tinutukso? magdala kayo rito sa akin ng isang denario, upang aking makita. 16At dinalhan nila. At sinabi niya sa kanila, Kanino ang larawang ito at ang nasusulat? At sinabi nila sa kaniya, kay Cesar. 17At sinabi sa kanila ni Hesus, ibigay ninyo kay Cesar ang sa kay Cesar, at sa Diyos ang sa Diyos. At sila ay nanggilalas na mainam sa kaniya.**

**12:13 "kanilang sinugo"** Ito ay tumutukoy sa Sanhedrin, na ang Hudyong pang-relihiyong awtoridad (cf. 11:27).

## NATATANGING PAKSA: ANG SANHEDRIN (THE SANHEDRIN)

I. Mga Pinanggalingan ng Impormasyon
   A. Ang Bagong Tipan mismo
   B. Flavius Josephus, *Antiquities of the Jews*
   C. Ang bahagi ng Mishnah saTalmud (i.e., Tractate "Sanhedrin")
   Sa kasamaang palad ang NT at si Josephus ay hindi nagkasundo sa rabinikal na mga kasulatan, na tila nagpipilit ng dalawang Sanhedrins sa Herusalem, ang isa ay pangsaserdote (i.e., Sadducean), na kinokontrol ng Punong Saserdote at nakikitungo sa pangsibil at kriminal katarungan at ang ikalawa ay kontrolado ng

mga Fariseo at eskriba, na umaalala sa relihiyon at tradisyunal na usapin. Gayunman ang mga rabinikal ng mga kasulatan, na may petsa ng mula sa A.D. 200 ay nagpapakita ng kultural na sitwasyon pagkatapos ng pagbagsak ng Herusalem sa mga Romanong heneral, Tito, noong A.D. 70. Ang mga Hudyo ay muling itinatag ang kanilang relihiyong pamumuhay sa bayan na tinawag na Jamnia at sa kalaunay (i.e., A.D. 118) inilipat sa Galilea.

II. Terminolohiya

Ang suliranin sa pagkilala sa panghukumang kinatawan ay nagsasangkot ng ibang pangalan kung saan ito kilala. Mayroong ilang mga salita ang ginamit upang ilarawan ang panghukumang kinatawan na nasa komunidad ng mga Hudyo sa Herusalem.

A. *Gerousia* – "senado" o "konseho." Ito ang pinakamatandang salitaino na ginamit sa bandang huling panahon ng Persia (cf.Josephus, *Antiquities* 12.3.3 at *II Maccabees* 11:27). Ito ay ginamit ni Lucas sa Gawa 5:21 kasabay ng "Sanhedrin." Ito marahil ang paraan upang ipaliwanag ang salitang Griyego sa mga nagsasalitang mga mambabasa (cf. *I Macabeo* 12:35).

B. *Synedrion* – "Sanhedrin." Ito ay tambalang mula sa *syn* (kasama ng) at *hedra* (upuan). Nakakabiglang ang salitang ito ay ginamit sa Aramaiko, ngunit ito ay nagpapakita ng Griyegong salita. Sa pagatatapos ng panahon ng Maccabean ito ay naging tinanggap na salita upang ilagay ang mataas na hukuman ng mga Hudyo sa Herusalem (cf. Mateo 26:59; Marcos 15:1; Lucas 22:66; Juan11:47; Gawa 5:27). Ang suliranin ay dumating ngang kaparehong salitang ay ginamit sa lokal na panghukumang konseho sa labas (cf. Mateo 5:22; 10:17).

C. *Presbyterion* – "konseho ng mga nakatatanda" (cf. Lucas 22:66). Ito ay isang OT na pagatatalaga para sa pinuno ng mga tribu. Gaynman, ito ay naging pantukoy sa mataas na hukuman sa Herusalem (cf. Gawa 22:5).

D. *Bouls* – Ang salitang "konseho" ay ginamit ni Josephus (i.e., *Wars* 2.16.2; 5.4.2, ngunit hindi ang NT) upang ilarwan ang ilang panghukumang mga kinatawan:

1. ang Senado sa Roma;
2. mga lokal Romanong hukuman;
3. ang pangHudyong mataas na hukuman sa Herusalem;
4. lokal na pangHudyo na mga hukuman.

Si Joseph ng Arimathea ay inilarawan bilang isang kawani ng Sanhedrin ayon sa hubog ng salitang ito (i.e., *bouleutēs*, na ang ibig sabihin ay "tagapayo," cf. Marcos 15:43; Lucas 23:50).

III. Pangkasaysayang Pagbabago

Sinasabing si Ezra ang nagpasimula sa pagpapatayo ng Dakilang Sinagoga (cf. Targum on Song ng Songs 6:1) noong panahon ng pagkatapos ng paglilisan , na siya marahil na naging Sanhedrin sa panahon ni Hesus.

A. Ang Mishnah (i.e., Talmud) ay nagtala na mayroong pangunahing hukuman sa Herusalem (cf. Sanh. 7:1).

1. Ang isa ay binubuo ng 70 (o 71) mga kasapi (*Sand.* 1:6 ay nagsabi din na si Moises ang nagpatayo ng unang Sanhedrin sa Bilang 11, cf. Bilang 11:16-25).
2. Ang isa ay binubuo ng 23 mga kasapi (ngunit ito ay maaring tumutukoy sa lokal na mga hukuman sa sinagoga).
3. Ang mga iskolar ng Hudyo ay naniniwala na mayroong tatlong 23-mga kasapi na Sanhedrins ang nasa Herusalem. Kapag ang tatlo ang nagsasama sila ay, kasama ng dalawang pinuno, nagbubuo ito ng " ang Dakilang Sinagoga" ng 71 mga kasapi (i.e., *Nasi* at *Av Bet Din).*
   a. ang isa ay pangsaserdote (i.e., Sadduceo)
   b. ang isa ay ligal (i.e., Fariseo)
   c. ang isa ay aristokratiko (i.e.,nakatatanda)

B. Sa panahon ng pagkatapos ng paglisan, ang mga bumabalik na mga binhi ni David ay si Zerubbabel at ang mga bumabalik na binhi ni Aaronic ay si Josue. Pagkatapos ng kamatayan ni Zerubbabel, walang binhi ni David ang nagpatuloy, kaya't ang panghukumang mantel ay naipasa ng ekslusibo sa mga saserdote (cf. I *Macabeo* 12:6) at mga lokal na nakatatanda (cf. Nehemiah 2:16; 5:7).

C. Ang pangsaserdoteng bahagi sa panghukumang desisyon ay isinulat ni Diodorus 40:3:4-5 sa panahon ng Hellenistik.

D. Ang pangsaserdoteng bahagi sa gobyerno ay nagpatuloy sa panahon ng Selucid . Si Josephus ay sinipi si Antiochus "ang Dakila" III (223-187 B.C.) sa *Antiquities* 12.138-142.

E. Ang pangsaserdoteng kapangyarihang ito ay nagpatuloy sa panahon ng Maccabean ayon kay Josephus' Antiquities 13.10.5-6; 13.15.5.

F. Sa panahon ng mga Romano ang gobernor ng Syria (i.e., Gabinius mula sa 57-55 B.C.) ay nagtatag ng limang pangrehiyong mga "Sanhedrins" (cf. Josephus' *Antiquities* 14.5.4; at *Wars* 1.8.5), ngunit sa kalaunay pinawalang bisa ito ng Roma (i.e., 47 B.C.).

G. Ang Sanhedrin ay may politkal na konprontasyon kay Herodes (i.e., *Antiquities* 14.9.3-5) na siyang, noong

37 B.C., ay nagpupumiglas at may pinakamaraming pinatay na mataas na hukuman (cf. Josephus' *Antiquities* 14.9.4; 15.1.2).

H. Sa ilalim ng Romanong prokurator (i.e., A.D. 6-66) Si Josephus ay nagkwento sa atin (cf. *Antiquities* 20.200,251) na ang Sanhedrin ay muling nagkamit ng malawal kapangyarihan at impluwensya (cf. Marcos 14:55). Mayroong tatlong paglilitis na naitala sa NT na kung saan ay ang Sanhedrin, sa ilalim ng pamumuno ng pamilya ng Punong Saserdote, ay nagsagawa ng pahuhukom.
   1. Ang paglilitis ni Hesus (cf. Marcos 14:53-15:1; Juan18:12-23,28-32)
   2. Si Pedro at si Juan (cf. Gawa 4:3-6)
   3. Pablo (cf. Gawa 22:25-30)

I. Nang ang mga Hudyo ay nag-aklas noong A.D. 66, ang mga Romano ay dagliang sinira ang pamayanan ng mga Hudyo at Herusalem noong A.D. 70. Ang Sanhedrin ay permanenteng nawala, bagamat ang mga Fariseo sa Jamnia ay sinubukan na dalhin ang mataas na panghukumang kote (i.e *Beth Din)* pabalik sa pangHudyo relihiyosong (ngunit hindi ang pangsibil o politikal) buhay.

IV. Pagiging Kasapi

A. Ang unang biblikal na pagbanggit sa mataas na hukuman sa Herusalem ay sa II Cronika 19:8-11. Ito ay binubuo ng mga
   1. Levites;
   2. saserdote;
   3. mga ulo ng bawat pamilya (i.e., mga nakatatanda, cf. I Macabeo 14:20; II Macabeo 4:44).

B. Sa panahon ng Maccabean ito ay dinodomina ng mga (1) saserdoteng pamilya ng mga Sadducean at (2) lokal na aristokratiko (cf. I Macabeo 7:33; 11:23; 14:28). Sa kalaunay sa panahong ito ang mga "eskriba" (mga mambabatas sa Mosaik, madalas ay mga Fariseo) ay idinagdag, ng asawa ni Alejandro Jannaeus na si Salome (76-67 B.C.). Sinabi pa na ginawa niyang mga dominanteng grupo ang mga Fariseo (cf. Josephus' *Wars of the Jews* 1.5.2).

C. Sa panahon ni Hesus ang hukuman ay binubuo ng
   1. mga pamilya ng Punong Saserdote
   2. lokal na kalalakihan galing sa mayayamang pamilya
   3. mga eskriba (cf. Lucas 19:47)

V. Pinagkonsultahan ng mga Pinagmulan

A. *Dictionary of Jesus and the Gospels,* IVP, pp. 728-732
B. *The Zondervan Pictorial Encyclopedia of the Bible*, tomo 5, pp. 268-273
C. *The New Schaff-Herzog Encyclopedia of Religious Knowledge*, tomo 10, pp. 203-204
D. *The Interpreter's Dictionary of the Bible,* tomo 4, pp. 214-218
E. *Encyclopedia Judaica*, tomo 14, pp. 836-839

▣ **"mga Fariseo"** Ito ang pang-relihiyong pangkat na umunlad sa panahon ng Macadebong yugto. Sila ay lubhang tapat sa mga Pasalitang Tradisyon (i.e., Talmud). Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Fariseo sa 2:16.

▣ **"mga Herodiano"** Ito ay isang pampulitikang pangkat na nagtataguyod sa pamumuno ng Idumeaong Herodes. Sila rin ay sang-ayon Romanong *status quo*. Karaniwan na ang mga Fariseo at mga Herodiano ay mga magkaaway. Ang katotohanan na sila ay nagtutulungan ay nagpapakita kung gaano nila dinidibdib ang mga katuruan ni Hesus. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Herodiano at 1:14.

▣ **"upang siya'y mahuli nila"** Ito sa literal ay "mahuli." Iyon ay ginamit ng paghuli ng mga mababangis na hayop. Iyon ay naging isang talinghaga para sa pagkalap ng impormasyon upang maipakita ang isang pagkakasala o kamalian (cf. Lucas 11:54). Iniisip nila na sa pagtatanong sa Kaniya ng tanong na ito, mahuhuli nila Siya sa pagitan ng dalawang magkalabang pangkat: ang mga Romanong awtoridad at ang mga tao.

**12:14 "'Guro, nalalaman namin na ikaw ay totoo, at hindi ka nangingimi kanino man; sapagkat hindi ka nagtatangi ng mga tao, kundi itinuturo mong may katotohanan ang daan ng Diyos'"** Ang mga pinuno ay labis ang pagpupuri kay Hesus upang makakita ng kamalian, ngunit sa katotohanan, sila ay nagsasalita ng tama tungkol sa Kaniya. Tinanganan ni Hesus ang katotohanan na tiyak na katulad ng pagtangan ni YHWH sa katotohanan. Ito ay sukdulang kabalintunaan! Ang kanilang mga mapanlinlang na kapahayagan ay sa katotohanan ang pinakadakilang pagpuna.

▣ **"'hindi ka nagtatangi'"** Ang literal, ang Hebreong wikain ay "dahil hindi mo tinitingnan ang mukha ng tao." Sa kasaysayan, ito ay tumutukoy sa mga Hukom ng Israel. Kapag kanilang sinubukang ang isang kaso, ang mga akusado ay nanatiling nakayuko upang ang kanilang pagkakilanlan ay makikita. Kung isang hukom ay inilagay ang kaniyang kamay sa ilalim ng baba at itinaas ang mukha na sapat upang makita ang pagkakilanlan ng tao, ang pagkakataon ng pagkiling ay lumalaki. Samakatuwid, ang katarungan ay dapat na bulag!

▣ **"'matuwid bagang bumuwis'"** Ito ay isang pangkautusang tanong na nauugnay sa Mosaikong kautusan, ngunit kaugnay din sa kkasalukuyang pananakop ng Roma sa Israel. Ito ang uri ng tanong na kinahaharap ng mga eskriba araw-araw. Mayroong dalawang paraan na matutugunan ang tanong, una, batay sa mga Mosaikong teksto at ang isa pa ay nauugnay sa katotohanan ng batas at pananakop ng Roma. Ang mga pinuno ay nagnanais ng mga ligal batayan upang dalhin ang pamahalaang Romano sa kanilang pang-relihiyong suliranin (cf. Lucas 20:20). Sa pagsagot ng "oo" Kaniyang matitisod ang mga panatiko; sa pagsagot ng "hindi" Siya ay dadakipin ng pamahalaang Romano.

▣ **"buwis"** Ito ay isang pagsasatitik ng Latin na terminong "census." Iyon ay isang punong-buwis na inilalagay ng Roma sa lahat ng mga nasasakupang tao. Ang buwis sa buong emperyo (i.e., A.D. 6-20) sa mga kalalakihang labing-apat na taon hanggang animnapu't-lima, at sa kababaihang labingdalawa hanggang animnapu't-lima, na naninirahan sa mga lalawigan ng emperyo ay napupunta ng tuwiran sa Emperador. Iyon ang dahilan kung bakit kailangang lumisan ni Jose sa Nazareth patungong Bethlehem kasama ang buntis na si Maria (cf. Lucas 2:1-6).

**12:15 "siya, na nakatataho ng kanilang pagpapaimbabaw. . . Bakit ninyo ako tinutukso"** Ang terminong pagbabalatkayo (*hupokrisis*) sa orihinal ay tumutukoy sa mga artista na gumaganap ng isang bahagi sa likod ng maskara. Sila ay nagpapanggap na isang tao na hindi naman sila (cf. Mateo 23:28; Lucas 12:1; 20:20; I Timoteo 4:2; I Pedro 2:1). Iyon ay dumating na gimamit sa mga mapagmanipulang tao na nagtatangkang mandaya sa iba sa pag-iisip na hindi naman tunay. Ang lahat ng mga sinabi ng mga pinunong ito (mapanuya) kay Hesus sa v. 14 ay sumasalungat sa kanilang mga gawa ng v. 15. Ang terminong pagsubok (*peirazō*) ay mayroong idinagdag na kahulugan ng pagsubok na may isang pananaw tungo sa pagkawasak o pagbagsak. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Termino para sa Pagsusulit sa 1:13.

▣ **"isang denario"** Ang pilak na baryang ito ay ang taning paraan upang mabayaran ang buwis na ito. Iyon ay suweld sa isang araw para sa isang karaniwang manggagawa o sundalo. Iyon ay isang simbolo ng kapangyarihan ng Roma. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 12:42.

**12:16 "'Kanino ang larawang ito at ang nasusulat'"** Si Tiberio (A.D. 14-37) ay ang kasalukuyang Emperador. Sa baryang ito ay isang pag-aangkin ng pagka-Diyos ng Emperador. Sa harapan ng barya ay sinabing "Tiberio Cesar Augusto, anak ng Diyos na si Augusto." Sa likod ng barya ay isang larawa ni Tiberio na nakaupa sa isang trono at may tatak na "Punong Saserdote."

**12:17 "'ibigay ninyo kay Cesar ang sa kay Cesar'"** Ang mga mananampalataya ay dapat na sumunod sa awtoridad sibil dahil Diyos ang nag-utos niyon (cf. taga-Roma 13:1-7; Tito 3:1; I Pedro 2:13-14). Ang Griyegong terminong "ibigay" ay nagpapahiwatig na "ibalik sa sinuman ang dapat na nasa kaniya."

▣ **"'at sa Diyos ang sa Diyos'"** Bagaman ang stado ay may maka-Diyos na pahintulot, iyon ay walang kalagayang pang-Diyos. Kung ang stado ay nag-aangkin ng hantungang awtoridad, ito ay itinatanggi ng mga tagasunod ng isang tunay na Diyos. Maraming ang nagtangkang paunlarin at itaguyod ang makabagong pampulitikang doktrina ng paghihiwalay ng iglesiya at stado mula sa talatang ito. Sa isang lubhang limitadong kaunawaan, ang talatang ito ay ipinapahayag ang isyu, ngunit iyon ay tiyakang hindi isang pangtalatang tulong para sa ganitong makabagong pampulitikang teoriya. Ang teoriyang ito ay isang katotohanang makikita mula sa kasaysayan, hindi pangunahing sa Banal na Kasulatan.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 12:18-27

**18At nagsilapit sa kaniya ang mga Saduceo, na nangagsasabi na walang pagkabuhay na maguli; at siya ay
kanilang tinanong, na sinasabi, 19Guro, isinulat sa amin ni Moises, Kung ang kapatid na lalake ng isang lalake ay
mamatay, at may maiwang asawa, at walang maiwang anak, ay kukunin ng kaniyang kapatid ang kaniyang asawa,
at bigyan ng anak ang kaniyang kapatid. 20May pitong lalaking magkakapatid: at nagasawa ang panganay, at nang
mamatay ay walang naiwang anak; 21At nagasawa sa bao ang pangalawa, at namatay na walang naiwang anak; at
gayon din naman ang pangatlo: 22At ang ikapito'y walang naiwang anak. Sa kahulihulihan ng lahat ay namatay
naman ang babae. 23Sa pagkabuhay na maguli, sino sa kanila ang magiging asawa ng babae? sapagkat siya ay
naging asawa ng pito. 24Sinabi sa kanila ni Hesus, Hindi kaya nangagkakamali kayo dahil diyan, na hindi ninyo
nalalaman ang mga kasulatan, ni ang kapangyarihan ng Diyos? 25Sapagkat sa pagbabangon nilang muli sa mga
patay, ay hindi na mangagaasawa, ni papagaasawahin pa; kundi gaya ng mga anghel sa langit. 26Nguni't tungkol sa
mga patay, na sila ay mga ibabangon; hindi baga ninyo nabasa sa aklat ni Moises, tungkol sa Mababang punong
kahoy, kung paanong siya ay kinausap ng Diyos na sinasabi, Ako ang Diyos ni Abraham, at ang Diyos ni Isaac, at
ang Diyos ni Jacob? 27Hindi siya ang Diyos ng mga patay, kundi ng mga buhay: kayo ay nangagkakamaling lubha.**

**12:18 "mga Saduceo"** Ito ay isang aristokratikong, maka-saserdoteng sekta ng Judaismo na pinangungunahan ng Punong Saserdote at ang Sanhedrin. Sila ay ang mayayaman, pampulitikong makapangyarihan "sa" pangkat. Sila ay lubhang konserbatibo at tinatanggap lamang ang mga sinulat ni Moises (i.e., Genesis hanggang Deuteronomio) bilang

makapangyarihan (i.e., itinatanggi ang Pasalitang Tradisyon).

## NATATANGING PAKSA: MGA SADUCEO (SADDUCESS)

I. Pinagmulan ng Pangkat
   A. Karamiha ng mga iskolar ay naniniwalang ang pangalan ay nagmula kay Zadok, isa sa mga punong saserdote ni David (cf. II Samuel 8:17; 15:24). Kinalaunan, pinatapon ni Solomon si Abiatar sa pagtataguyod ng paghihimagsik ni Adonijah (cf. I Mga Hari 2:26-27) at kinilala si Zadok bilang ang tanging Punong Saserdote (cf. I Mga Hari 2:35). Pagkatapos ng pagkakatapos sa Babilonya ang linyang ito ng mga saserdote ay muling naitatag kay Josue (cf. Haggai 1:1). Ang Leviticong pamilyang ito ay pinili upang pamahalaan ang templo. Nang lumaon, silang nasa pangsaserdoteng tradisyong ito at kanilang tagataguyod ay tinawag na mga Zadokenyo o o mga Saduceo.
   B. Isang ika-9 na siglo A.D. na rabinikong tradisyon (*Aboth* ng Rabi Nathan) ay nagsabing si Zadok ay alagad ni Antigono ng Sokho (ika-2 siglo B.C.), si Zadok ay mali ang pagkakaintindi ng isang kilalang kasabihan ng kanyang guro na kinapapalooban ng "mga gatimpala sa kabilang buhay" at pinaunlad ang isang teolohiya na itinatanggi ang isang buhay pagkatapos at samakatuwid ay itinatanggi ang muling pagkabuhay ng katawan.
   C. Nanglumaon sa loob ng Judaismo, ang Saduceo ay nakilala kasama ng Boethusiano. Si Boetho ay isa ring alagad ni Antigono ng Sokho. Pinaunlad niya ang teolohiya katulad kay Zadok, itinatanggi din ang buhay pagkatapos.
   D. Ang pangalang Saduceo ay hindi lumitaw hanggang sa mga araw ni Juan Hyrcanus (135-104 B.C.), na sinipi ni Josephus (cf. *Antiquities* 13:10:5-6). Sa *Antiquities* 13:5:9 sinabi ni Josephus na mayroong "tatlong paaralan ng kaisipan," mga Fariseo, mga Saduceo, at mga Esseno.
   E. May isang katunggaling teoriya na dumating sa panahon ng pagtatangka ng mga pinuno ng Selucid na gawing Griyego ang saserdote sa ilalim ni Antiochus IV Epiphanes (175-163 B.C.). Sa panahon ng pag-aalsa ng Maccabeo, bagong pagkasaserdote ang sinimulan ni Simon Maccabeo (142-135 B.C.) at kanyang mga kaanak (cf. I Macabeo 14:41). Ang bagong Hasmoneong punong saserdote ay tila ang simula ng aristokratikong Saduceo. Ang Fariseo ay umunlad sa panahong ito mula sa Hasidim (i.e., "isang inihiwalay," cf. I Macabeo 2:42; 7:5-23).
   F. Mayroong makabagong teoriya (i.e., T. W. Manson), na ang Sadduceo ay isang salin ng Griyegong terminong *sundikoi*. Ang termino ay tumutukoy sa lokal na awtoridad na nakikipag-ugnaya sa Romanong pamunuan. Maaaring ipaliwanag nito kung bakit ang ilang mga Saduceo ay hindi aristokratikong saserdote, ngunit miyembro ng Sanhedrin.

II. Mga natatanging paniniwala
   A. Sila ay mga bahagi ng saserdoteng konserbatibo ng mga sekta ng pamumuhay ng Hudyo sa panahon ng Hasmoneo at Romanong yugo.
   B. Sila ay may natatanging malasakit sa mga paraan, protokol, mga ritwal at liturhiya.
   C. Pinanghahawakan ni ang nakasulat na Torah (i.e., Genesis – Deuteronomio) bilang may awtoridad, ngunit tinatanggi ang mga Pasalitang Tradisyon (i.e., Talmud).
   D. Sila, samakatuwid, ay itinatanggi ang tinatangkilik na pinaunlad ng mga doktrina ng mga Fariseo
      1. ang muling pagkabuhay ng katawan (cf. Mateo 22:23; Marcos. 12:18; Lucas 20:27; Mga Gawa 4:1-2; 23:8)
      2. ang kawalang-hangan ng kaluluwa (cf. *Antiquities* 18.1.3-4; *Wars* 2.8.14)
      3. ang pagkakaroon ng isang detalyadong ranggo ng mga anghel (cf. Mga Gawa 23:8)
      4. kanilang tinitingnan ang "mata-para sa-isang-mata" (i.e., *lex talionis*) na literal at tinataguyod ang pisikal na kaparusahan at parusang kamatayan (sa halip na pagbabayad ng salapi)
   E. Ang iba pang bahagi ng teolohikong tunggalian ay pagtatalaga (predestinasyon) laban sa malayang pagpili. Sa tatlong pangkat na nabanggit ni Josephus
      1. ang mga Esseno pinaninindigan ang isang uri ng determinismo
      2. ang mga Saduceo ay inilagay ang diin sa malayang pagpili ng tao (cf. *Antiquities* 13.5.9; *Wars* 2.8.14)
      3. ang mga Fariseo ay tinatanganan ang isang balanseng pagkiling sa pagitan ng ibang dalawa
   F. Sa isang kaunawaan ng tunggalian sa pagitan ng dalawang pangkat (i.e., mga Saduceo - mga Fariseo) ay sumasalamin sa pag-iigting sa pagitan ng mga saserdote at mga propeta sa OT.

      Isa pang pag-iigting ang lumitaw mula sa katotohanan na mga Saduceo kumakatawan sa sosyal at humantong na edukado. Sila ay mga aristokrato (cf. Josephus' *Antiquities* 13.10.6; 18.1.4-5; 20.9.1), habang ang mga Fariseo at mga eskriba mga iskolar at relihiyoso sa mga tao ng lupa. Ang pag-iigting ay maaaring maitangi sa templo sa Herusalem laban sa ang lokal na sinagoga sa bawat dako ng lupain.

      Ang isa pang pang-iigting ay maaaring kumatawan sa pagtanggi ng Saduceo sa impluwensya ng Zoroastrianismo sa Fariseong teolohiya. Halimbawa: isang lubhang maunlad na angelolohiya, isang dualismo sa pagitan ni YHWH at Satanas at isang detalyadong pananaw sa buhay pagkatapos, sa mga terminong makinang na pisikal. Ang mga kalabisang ito ng mgs Esseno at mga Fariseo ay nagdulot ng reaksyon sa mga Saduceo. Sila ay bumalik sa konserbatibong posisyon na Moises-lamang na teolohiya sa isang pagtatangka na

hadlangan ang mga haka-haka ng ibang mga pang-hudyong pangkat.

III. Pinanggalingan ng Impormasyon

A. Si Josephus ay ang pangunahing pinanggagalingan ng impormasyon patungkol sa mga Saduceo. Siya ay may kinikilingan kapwa sa kanyang pangako sa Fariseo at kanyang kapakanan sa pagpapakita ng isang positibong larawan pamumuhay Hudyo sa mga Romano.

B. Ang iba pinanggalingan ng impormasyon ay ang rabinikong panitikan. Gayunman, dito rin, isang malakas na pagkatig ay nakikita. Ang mga Saduceo ay itinatanggi ang kahalagahan at awtoridad ng Pasalitang (Oral) Tradisyon ng mga Matatanda (i.e., ang Talmud). Ang mga sulat ng Fariseo ay maliwanag na naglalarawan ng kanilang katunggali sa pasalungat, maaaring kalabisang (i.e., straw man, mga taktika) paraan.

C. Walang kilalang mga kasulatan ng mga Saduceo mismo ang nailigtas. Sa pagkawask ng Herusalem at ng Templo noong A.D. 70 lahat ng dokument at impluwensiya ng piling saserdote ay nasira. Ninanais nilang panatilihing ang kapayapaan sa rehiyon at ang tanging paraan na gawin iyan noong unang siglo ay makipagtulungan sa Roma (cf. Juan 11:48-50).

**12:19 "'isinulat sa amin ni Moises'"** Ito ay tumutukoy sa pagtalakay ni Moises ng pagsasalin ng pagkakasal (*Levirate*) na matatagpuan sa Deuteronomio 25:5-10.

▣ **"'KUNG ANG KAPATID NA LALAKE NG ISANG LALAKE AY MAMATAY'"** Ito ang Hudyong kautusan na nakilala bilang "*Levirate* na pagkakasal." Ang termino ay mula sa Latin para sa "kapatid na lalaki ng asawang lalaki." Ang mga karapatan sa mananahin ay lubhang mahalaga sa Israel dahil ang Diyos ay mayroong ipinagkaloob ang Ipinangakong Lupain sa mga angkan sa pamamagitan ng kapalaran (cf. Josue 12-19). Samakatuwid, kung isang lalaki ay namatay sa walang tagapagmanang lalaki, ang kaniyang kapatid na lalaki ay inaasahang papakasalan ang balo at maging ama sa anak ng balo; ang anak ngayon ay naging ang tagapagmana ng lahat mg ari-arian ng namatay na kapatid.

**12:23** Dito ang layunin ng tanong, libakin ang konsepto ng isang muling pagkabuhay ng katawan sa isang pisikal na kabilang-buhay.

**12:24** Ang nakakatuyong tanong ni Hesus ay tumutuon sa kawalan ng pagkakaunawa ng Saduceo sa kapwa Banal na Kasulatan at Diyos. Ang ganitong gramatikong anyo ay inaasahan ang isang "oo" na tugon.

**12:25 "'gaya ng mga anghel sa langit'"** Ang maikling sanggunian ay nagdulot ng maraming haka-haka. Ang mga anghel sa OT ay kadalasang panglalaki (maliban sa Zacarias 5:9). Ang maikli bang puna ni Hesus ay tumutukoy sa kanilang kasarian o mga pagsasamang seksuwal? Paano ito nakakaapekto sa pagkakaunawa ng ito sa Genesis 6:1-2? Maaaring sinusubukan nating ipahiwatig ang lubhang maraming teolohiya mula sa pakikipag-usap sa mga Saduceo. Ang langit ay isang lubusang magkaibang pang-ugnayang karanasan kaysa sa mundo. Kung paano umiiral itong bagong *interpersonal*, walang hanggang, espiritwal na kaharian ay di-tiyak. Ang Bibliya ay piniling hindi maghahayag ng maraming impormasyon tungkol sa kabilang-buhay. Ang mga Saduceo ay ginamit ang kakulangan ng impormasyon bilang isang dahilan upang itanggi ang katotohanan ng kabilang-buhay. Mas maiging panindigan ang katotohanan batay sa mga pangako ng Diyos at Kristo, ngunit nakahandang maging walang kabatiran hanggang sa kamatayan. Ang Bibliya ay nagkakaloob ng lahat ng kinakailangang malaman ng mga mananampalataya!

Binigyang-diin ni Hesus na walang aspeto (i.e., pagpaparami) sa pag-iral sa langit. Mayroong maraming mga tanong na nais itanong tungkol sa ito, ngunit walang karagdagang paglilinaw ang ipinagkaloob sa NT. Iyon ay payak na tumutukoy sa katotohanan na mga anghel ay nilikha ng Diyos at hindi sa pamamagitan ng sekswal na pagpaparami.

**12:25-26 "'mga anghel. . . Ngunit tungkol sa mga patay, na sila ay mga ibabangon'"** Ang mga Saduceo ay itinatanggi ang kapwa pag-iral ng mga anghel at ang muling pagkabuhay. Ang mga Fariseo ay pinaninindigan ang kapwa.

**12:26 "'Ngunit tungkol sa mga patay, na sila ay mga ibabangon'"** Mayroong maraming mga teksto sa OT na nagpapatunay ng katotohanang ito (cf. Job 14:14- 15; 19:25-27; Mga Awit 23:6; Isaias 25:6-9; 26:14-19; Daniel 12:2). Ngunit ang kabilang buhay sa OT ay isang nakatabing na katotohanan. Ang umuunlad na kapahayagan ng NT ay nagbibigay-linaw at binibigyan-kahulugan ang katotohanan, ngunit may tabing na matalinghagang wika. Ang langit ay isang tiyak na pangako at katotohanan, ngunit ang kaniyang tiyak na kalikasan ay isang hiwaga.

▣ **"'sa aklat ni Moises'"** Ipinapahayag ni Hesus na si Moises ay ang pinagmulan ng Deuteronomio. Ang tanong ding ito ay inaasahan ang isang "oo" tugon.

## NATATANGING PAKSA: ANG PAGKAMAY-AKDA NI MOISES SA PENTATEUCH (MOSES' AUTHORITY OF THE PENTATEUCH)

A. Ang Bibliya mismo ay walang pangalan ng may-akda. Ang Genesis ay walang "ako" na mga bahagi tulad ng Ezra, Nehemias o "tayo" na mga bahagi tulad ng sa Mga Gawa.

B. Tradisyong pang-Hudyo:
   1. Ang mga sinaunang Hudyong manunulat ay nagsabing si Moises ang sumulat nito:
      a. Ben Sirach, Ecclesiasticus 24:23, naisulat noong 185 B.C.
      b. Ang *Baba Bathra* 14b, isang bahagi ng Talmud na nagbibigay ng tradisyunal na pagkamay-akda ng mga aklat ng OT
      c. Philo ng Alexandria, Ehipto, isang pilosopong Hudyo, na nabuhay noong 20 B.C. hanggang A.D. 42
      d. Flavius Josephus, isang Hudyong manunulat ng kasaysayan, na nabuhay noong A.D. 37-70
   2. Inihayag ni YHWH ang katotohanan kay Moises
      a. Moises ay sinasabing isinulat ang:
         (1) Exodo 17:14
         (2) Exodo 24:4, 7
         (3) Exodo 34:27, 28
         (4) Mga Bilang 33:2
         (5) Deuteronomio 31:9, 22, 24-26
      b. Ang Diyos ay sinasabing nagsalita sa pamamagitan ni Moises:
         (1) Deuteronomio 5:4-5, 22
         (2) Deuteronomio 6:1
         (3) Deuteronomio 10:1
      c. Moises ay sinasabing nagpahayag ng mga salita ng Torah sa mga tao:
         (1) Deuteronomio 1:1, 3
         (2) Deuteronomio 5:1
         (3) Deuteronomio 27:1
         (4) Deuteronomio 29:2
         (5) Deuteronomio 31:1, 30
         (6) Deuteronomio 32:44
         (7) Deuteronomio 33:1
   3. ang mga may-aksa sa OT na tumutukoy kay Moises:
      a. Josue 8:31
      b. II Mga Hari 14:6
      c. Ezra 6:18
      d. Nehemias 8:1; 13:1-2
      e. II Cronica 25:4; 34:12; 35:12
      f. Daniel 9:11
      g. Malakias 4:4

C. Tradisyong pang-Kristiyano
   1. Ipinapalagay ni Hesus ang mga sipi sa Torah kay Moises:
      a. Mateo 8:4; 19:8
      b. Marcos 1:44; 7:10; 10:5; 12:26
      c. Lucas 5:14; 16:31; 20:37; 24:27, 44
      d. Juan 5:46-47; 7:19, 23
   2. Ang iba pang mga may-akda sa NT ay ipinapalagay ang mga sipi ng Torah kay Moises:
      a. Lucas 2:22
      b. Mga Gawa 3:22; 13:39; 15:1,15-21; 26:22; 28:23
      c. taga-Roma 10:5, 19
      d. I taga-Corinto 9:9
      e. II taga-Corinto 3:15
      f. Hebreo 10:28
      g. Pahayag 15:3
   3. Karamihan sa mga naunang mga Ama ng Iglesiya ay tinatanggap ang pagka-may-aka ni Moises. Sina Ireneo, Clemente ng Alexandria, Origen at Tertullian ay mayroong mga katanungan patungkol sa kaugnayan ni Moises sa kasalukuyang anyo ng Genesis.

D. Makabagong Pag-aaral
   1. Mayroong maliwanag na ilang pag-editoryal na karagdagan sa Torah (tila upang gawing mas nauunawaan ang sinaunang gawa sa mga pagkasalukuyang mambabasa):
      a. Genesis 12:6; 13:7; 14:14; 21:34; 32:32; 36:31; 47:11
      b. Exodo 11:3; 16:36
      c. Mga Bilang 12:3; 13:22; 15:22-23; 21:14-15; 32:33ff
      d. Deuteronomio 3:14; 34:6

2. Ang mga sinaunang manunulat (eskriba) ay may mataas na pagsasanay at pinag-aralan. Ang kanilang pamamaran ay nag-iiba sa bawat bansa
   a. Sa Mesopotamia sila ay lubhang maingat na hindi mabago ang anuman, at noon pa man ay sinisiyasat ang kanilang mga gawa para sa ganap sa kawastuhan. Ito ay isang sinaunang Sumeriang pang-eskribang tala sa ibaba, ("ang gawain ay tapos na mula sa simula hanggang sa katapusan, kung ito sinipi, iniwasto, inihalintulad at pinatunayan, sagigag sa sagisag" mula noong 1400 B.C.)
   b. Sa Ehipto, sila ay may kalayaang iwasto ang naunang mga teksto upang baguhin sila para sa mga pangkasalukuyang mambabasa. Ang mga eskriba at Qumran ay sinunod ang ganitong pamamaraan.
3. Ang mga nag-aaral (iskolar) ng ika-19 na Siglo ay nagpanukala na ang Torah ay isang pinagsama-samang mga kasulatan mula sa maraming pinanggalingan sa loob ng pinalawig na yugto ng panahon (Graft-Wellhausen). Ito ay nakabatay on ang sumusunod:
   a. Ang mga magkakaibang pangalan para sa Diyos
   b. Ang mga maliwanag na pag-uulit ng teksto
   c. Ang anyo ng mga salaysay
   d. Ang teolohiya ng mga salaysay
4. Mga inaakalang pinanggalingan at mga petsa:
   a. J na pinanggalingan (ang paggamit ng YHWH), 950 B.C.
   b. E na pinanggalingan (ang paggamit ng Elohim), 850 B.C.
   c. JE na pinagsama, 750 B.C.
   d. D na pinanggalingan ("Ang Aklat ng Kautusan," 22:8, na natuklasan sa panahon ng pagbabago ni Josiah habang binabago ang ayo ng Templo na tila ang aklat ng Deuteronomio, na isinulat ng isang di-kilalang saserdote ng panahon ni Josiah upang itaguyod ang kanyang reporma.), 621 B.C.
   e. P na pinanggalingan (lahat ng pang-saserdoeng kagamitan lalo na ang ritwal at pamamaraan), 400 B.C.
5. Mayroong maliwanag na mga pagdadagdag sa Torah. Ang mga Hudyo ay ipinahayag na iyo ay:
   a. Ang Punong Saserdote sa panahon ng pagsulat
   b. Jeremias ang Propeta
   c. Ezra ang Eskriba - IV Esdras ay nagsasabing kanya muling isinulat ito dahil ang mga orihinal ay nawasak sa Pagbagsak ng Herusalem noong 586 B.C.
6. Gayunman, ang teoriya ng J. E. D. P. ay nagsasabing mas higit patungkol sa ating makabagong pampanitikang mga teoriya kay sa mga katibayan na mula sa Torah (R.K. Harrison, *Introduction to the Old Testament*, pp. 495-541 at *Tyndale Commentary Series*, "Levitico," pp. 15-25).
7. Mga katangian ng Hebreong Panitikan
   a. Mga inuulit, tula ng Genesis 1 & 2, ay pangkaraniwan sa Hebreo. Kadalasang isang pangkalahatang paglalarawan ay ibinibigay at susundan ng isang partikular na na salaysay. Ito ay maaaring isang paraan na idiin ang mga katotohanan o pantulong sa pasalitang pag-alaala.
   b. Ang sinaunang mga rabbi ay nagsabing ang dalawang pinaka-karaniwang pangalan para sa Diyos ay may teolohikong kahalagahan:
      (1) YHWH – ang pang-Kasunduang pangalan para sa Pagka-Diyos tulad ng Kanyang pakikipag-ugnayan sa Israel bilang Tagapagligtas at Manunubos (cf. Mga Awit 103)
      (2) Elohim - Pagka-Diyos bilang Manlilikha, Tagataguyod, at Tagapagpatuloy ng lahat ng buhay sa mundo (cf. Mga Awit 104)
   c. Ito ay pangkaraniwan sa di-biblikal na Panitikang Near Eastern para sa isang pagkakaiba sa mga anyo at talasalitaan na makikita sa isang pinag-isang pampanitikang mga gawain (Harrison, pp. 522-526).

E. Ang katibayan mula sa panitikang Near Eastern ay nagpapahiwatig na si Moises ay gumamit na mga kasulatang nakasulat sa cuneiform o pamamaraang Mesopotamia (patriyarkal) sa pasalitang mga tradisyon sa pagsulat ng Genesis. Ito ay hindi upang ipahiwatig ang nababawasang ng inspirasyon ngunit ay isang pagtatangka na ipaliwanag ang pampanitikang palatandaan ng aklat ng Genesis (cf. P. J. Wiseman, *New Discoveries in Babylonia about Genesis*). Simula sa Genesis 37 isang may tanda ng impluwensiya ng Ehipto sa paraan, anyo at talasalitaan ay tila nagtuturo ng paggamit ni Moises ng alinman sa mga pampanitikang paglilimbang o pagsalitang tradisyon mula sa kapanahunan ng mga Israelita sa Ehipto. Ang pormal na edukasyon ni Moises ay lahat sa Ehipto! Ang tiyak na pampanitikang pagkakaayos ng Pentateuch ay di-tiyak. Naniniwala akong si Moises ang tagatala at may-akda ng malawak na karamihan ng Pentateuch, gayunman, siya ay maaaring gumamit ng mga eskriba (tagasulat) at/o pasulat at pasalitang mga tradisyon. Ang pagka-makasaysayan at pagiging mapagkakatiwalaan ng mga unang iilang aklat ng OT ay ipinapakilala ng makabagong arkeolohiya.

▣ **"'AKO ANG DIYOS NI ABRAHAM'"** Ang sangguniang ito sa Exodo 3:2-6 ay isang paglalaro sa panahunan ng Hebreong PANDIWA "maging." Isang anyo ng PANDIWA (i.e., KAUSATIBA) ay naging ang pangkasunduang pangalan para sa Diyos ng

Israel, si YHWH (cf. Exodo 3:14). Ang titulo ay nagpapahiwatig na ang Diyos ay ang nabubuhay magpakailanman, tanging nabubuhay. Dahil Siya ay nabubuhay, ang Kaniyang bayan ay mabubuhay din (cf. v. 27; Mga Awit 103:15-17; Isaias 40:6-8; I Pedro 1:24- 25). Pansinin na pinapatunayan ni Hesus ang katotohanan ng kabilang buhay mula sa mga sinulat ni Moises, na tanging bahagi ng Hebreong kanon na tinatanggap ng mga Saduceo bilang awtoridad para sa doktrina.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 12:28-34

**28At lumapit ang isa sa mga eskriba, at nakarinig ng kanilang pagtatalo, at palibhasa'y nalalamang mabuti ang pagkasagot niya sa kanila, ay tinanong siya, Ano baga ang pangulong utos sa lahat? 29Sumagot si Hesus, Ang pangulo ay, Pakinggan mo, Oh Israel; Ang Panginoon nating Diyos, ang Panginoon ay iisa: 30At iibigin mo ang Panginoon mong Diyos ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pagiisip mo, at ng buong lakas mo. 31Ang pangalawa ay ito, Iibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili. Walang ibang utos na hihigit sa mga ito. 32At sinabi sa kaniya ng eskriba, Sa katotohanan, Guro, ay mabuti ang pagkasabi mo na siya ay iisa; at wala nang iba liban sa kaniya: 33At ang siya ay ibigin ng buong puso, at ng buong pagkaunawa, at ng buong lakas, at ibigin ang kapuwa niya na gaya ng sa kaniyang sarili, ay higit pa kay sa lahat ng mga kamayog na susunugin at mga hain. 34At nang makita ni Hesus na siya ay sumagot na may katalinuhan, ay sinabi niya sa kaniya, Hindi ka malayo sa kaharian ng Diyos. At walang tao, pagkatapos noon na nangahas na tumanong pa sa kaniya ng anomang tanong.**

**12:28 "mga eskriba"** Ang mga ito ay kadalasang di-saserdote (i.e., hindi Levita), na naging mgs iskolar sa mga Pasalitang Tradisyon (i.e., ang Talmud) ng mga Hudyo. Sa OT, ang mga lokal Levita ay ipinapaliwanag ang mga banal na kasulatan sa mga tao (cf. Nehemiah 8). Habang ang lokal na sinagoga ay umunlad sa pagkakatapos sa Babilonya, ang tungkulin ng lokal na mga guro at mga tagapagpaliwanag ay lumago sa kahalagahan. Sa panahon ni Hesus, karamihan ng mga eskribang ito ay mga Fariseo. Sila ay umunlad sa kasaysayan (i.e., after ang pagkawasak ng ang Templo) bilang rabinikal na Judaismo. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:6.

▣ **"nakarinig ng kanilang pagtatalo"** Ang kaagapay sa Mateo 22:34-35 ay tila nagpapahiwatig ng mga nakatagong layunin, ngunit ang ebanghelyo ni Marcos ay nagpapahiwatig na siya ay tunay na may pagkiling sa teolohikong tanong.

**12:29 "'PAKINGGAN'"** Ang sinipi ni Hesus ay mula sa Deuteronomio 6:4-5, ngunit hindi mula sa Masoretikong Teksto o ang Septuagint (ang kaagapay sa Mateo 22:37 ay mas malapit sa MT, ngunit hindi tiyak). Idinagdag ni Hesus sa sipi ang isang parirala sa kapwa Masoretikong Hebreong teksto at ang Septuagint Griyegong teksto. Ang tiyak na siping ito ay di-kilala mula sa anumang OT teksto. Ang LXX ay binago ang Hebreong "puso" to "isipan" o "pagkakaunawa." Ngunit ang siping ito ay nagdaragdag ng pariralang "ng lahat ng iyong isipan" sa tatlong-bahagdang pagpaparirala (i.e., puso, kaluluwa, kalakasan) sa MT at LXX. Kinikilala ng NJB na ang paglilimbang ng pariralang ito ay hindi bahagi ng sipi sa OT (i.e., hindi italiko). Iyon ay nakakawili na ang Griyegong ansialong kasulatan D (i.e., Bezae) mula sa ang ika-5 siglo ay tinanggal ang parirala "at ng lahat ng iyong pa-iisip" sa kauuan. Ito ay maaaring nagpapakilala ng orihinal dahil sa kawalan nito ng mga pagtutumbas sa pagtugan ng mga eskriba v. 33.

Sa kaagapay na Mateo, (i.e., 22:32) sinipi ni Mateo si Hesus na nagsasabing, "ng lahat ng iyong puso, at ng lahat ng iyong kaluluwa, at ng lahat ng iyong isipan." Dito, ang Hebreong sugnay na "ng lahat ng iyong kalakasan" ay hindi naisama. Iyon ay lubhang nakakagulat na ang Marcos at Mateo ay hindi magkatugma sa bawat isa at kasama ng kapwa MT at LXX. Ito ay isang ganap na halimbawa ng kaluwagan ng maraming mga sipi sa OT ng NT (kahit na ang tumutukoy kay Hesus). Dito, ang kahustuhan ay imposible. Silang lahat (i.e., LXX, Mateo at Marcos) ay nagpapakilala ng pangkalahatang kaunawaan ng sipi mula sa Moises.

Ang OT tekstong ito (i.e., Deuteronomio 6:4-5) ay tinawag na *Shema*, na ang Hebreong salits sa "makinig." Iyon ay nangangahulugang pakikinig gaya ng paggawa nito. Iyon ay naging pang-Hudyong pagpapatibay ng monoteismo. Iyon ay araw-araw na pinapanalangin ng mga matatapat na Hudyo at sa bawat Sabbath. Mayroong ibang mga teksto sa pagiging-isa at pagiging natatangi ng Diyos sa mga Propeta, ngunit ito ay nasa mga sinulat ni Moises (i.e., Genesis – Deuteronomio) at ito ay, samakatuwid, umiiral sa lahat ng mga tagapakinig ni Hesus (i.e., mga Saduceo at mga Fariseo).

**12:30** Ang tugon ni Hesus ay nagpapakita na mayroong dalawang aspeto ng pangunahing kautusan ng Diyos: (1) ang pagkakaisa at pagiging natatangi ng Diyos at (2) ating lubusang pagtitiwala sa Kaniya at Kaniya lamang!

▣ **"puso"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:6.

**12:31 "'IIBIGIN MO ANG IYONG KAPUWA'"** Ito ay isang sipi mula sa Levitico 19:18 sa Septuagint. Inugnay ni Hesus ang teolohikong katotohanan sa praktikal, etikal na pangangailangan (cf. Zacarias 7-8). Imposibleng mahalin ang Diyos at kapootan silang ginawa sa Kaniyang larawan (cf. I Juan 2:9-11; 3:15; 4:20).

Imposibleng mahalin ang iyong kapwa (i.e., pangkasunduang kapatid na lalaki o babae) gaya ng iyong sarili kung hindi mo mahal ang sarili mo. Mayroong isang nararapat na pag-ibig sa sarili na batay sa pagiging-una ng pag-ibig ng Diyos para sa sangkatauhan. Tayo ay Kaniyang nilikha, na hinubog sa Kaniyang larawan (cf. Genesis 1:26,27). Tayo ay dapat magalik sa ating kaloob at tanggapin ang ating pisikal, mental, at sikolohikong kayarian (cf. Mga Awit 139). Ang

pagpula sa ating mga sarili ay pagpula sa ating Manlilikha! Maaarin Niyang baguhin ang ating pagkalugmor sa isang larawan ng Kaniyang kaluwalhatian (i.e., kawangis ni Kristo).

Kristiyanismo ay kinapapalooban ng isang personal na pananampalataya pagpapasiya sa Diyos sa pamamagitan ni Kristo. Iyon ay nagsisimula bilang isang pansariling kusang kapasiyahan ng pagsisisi at pananampalataya. Gayunman, iyon ay magdudulot ng isang pamilyang karanasan. Tayo ay pinagkalooban para sa karaniwang kabutihan (cf. I taga-Corinto 12:7). Tayo ay bahagi ng katawan ni Kristo. Kung paano natin pakitunguhan ang iba ay nagpapahayag ng ating tunay na debosyon kay Kristo. Ang pakikipag-isa ng Diyos at sangkatauhan ay ginawa sa larawan at wangis ng Diyos ay nangangailangan ng isang nararapat na pagtugon patungo sa Diyos at patungo sa ibang mga tao (i.e., lalo na sa kanilang nasa sambayanan ng pananampalataya).

▣ **"'Walang ibang utos na hihigit sa mga ito'"** Ang kapahayagang ito ay lubhang mahirap tanggapin ng maka-kautusan na (i.e., mahihina; cf. taga-Roma 14:1- 15:13) mga mananampalataya. Kasama ang isang lubusang pag-ibig para sa Diyos at pangkasunduang mga kapatid (at kahit na sa mga nawala) ay walang kautusan. Ang mga kautusan ay dapat dumaloy mula sa isang binagong puso at isipan; hindi sila magdudulot ng magiging maka-Diyos!

**12:32-33 "'SIYA. . .KANIYA'"** Ang mga panghalip ay tumutukoy kay YHWH. Dahil sa Exodo 20:7, ang karaminhan ng mga Hudyo ay hindi mapalagay sa pagbibigkas ng pangkasunduang pangalan ng Diyos.

▣ **"'WALA NANG IBA LIBAN SA KANIYA'"** Ang pariralang ito ay hindi itinatanggi ang pag-iral ng ibang espiritwal na nilalang tulad ng mga anghel. Ito sa literal ay nangahulugang walang sinuman ang nauna o maliban kay YHWH. Siya ay isang natatangi katergorya (cf. Exodo 8:10; 9:14; Deuteronomio 4:35,39). Ang eskribang ito ay nagpapahayag ng pagkanatatangi ni YHWH!

**12:33 "'IBIGIN. . . ay higit pa kay sa lahat ng mga kamayog na susunugin at mga hain'"** Ang eskribang ito ay mayroong dakilang pagkakaunawa tungkol sa kaugnayan sa pagitan pananampalataya at mga rituwal (cf. I Samuel 15:22; Isaias 1:11-14; Osea 6:6; Amos 5:21-24; Mikas 6:6-8). Ito ay hindi upang ibaba ang ritwal ng templo, ngunit binibigyang-diin ang wastong motibo at pananampalataya ay napakahalaga (i.e., pagsama sa mga maka-saserdote at pang-propesiyang kaunawaan).

**12:34 "'Hindi ka malayo sa kaharian ng Diyos'"** Ang kapahayagang ito ay isa pang paraan na ipinapahayag ni Hesus ang pagiging-sentro ng isang positibo at kagyat na pananampalatayang pagtugon sa Kaniyang sarili. Ang kaharian ay makukuha na ngayon (i.e., sa pamamagitan ng pananampalataya kay Hesus), hindi sa malapit na hinaharap. Bagaman ito ang taong ito ay nauunawaan ang OT teolohiya, siya ay hindi tama sa Diyos maliban na kaniyang ilagay ang pananampalataya kay Kristo. Ang tamang teolohiya ay hindi tumitiyak ng kaligtasan! Ang kaalaman sa Bibliya ay hindi tumitiyak ng kaligtasan! Ang kagalingan ng pang-relihiyong ritwal at liturhiya ay hindi tumitiyak ng kaligtasan! Ang pananampalataya kay Kristo ang gumagawa nito!

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 12:35-37

**[35]At sumagot si Hesus at nagsabi nang siya ay nagtuturo sa templo, Paanong masasabi ng mga eskriba na ang Kristo ay anak ni David? [36]Si David din ang nagsabi sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, Sinabi ng Panginoon sa aking Panginoon, Maupo ka sa aking kanan, Hanggang sa gawin ko ang iyong mga kaaway na tungtungan ng iyong mga paa. [37]Si David din ang tumatawag na Panginoon sa kaniya; at paano ngang siya ay kaniyang anak? At ang mga karaniwang tao ay nangakikinig sa kaniyang may galak.**

**12:35 "'Paanong. . .'"** Ang kabanatang ito ay tinala sa isang kalipunan ng mga tanong

1. mula sa Sanhedrin (11:27-12:12)
2. mula sa mga Fariseo at mga Herodiano (12:13-17)
3. mula sa mga Saduceo (12:18-27)
4. mula sa isang eskriba (12:28-34)
5. mula kay Hesus (11:29-33,35-37)

Ngayon, tinatanong sila ni Hesus ng isang tanong gaya ng Kaniyang ginawa sa 11:29-30. Ang ganitong tanong-at-tugon na pamamaraan ay katangian ng rabinikal na Judaismo.

▣ **"'Kristo ay anak ni David'"** Basahin ang Mateo 12:23ff; 21:15; II Samuel 7:11-16 at ihambing ang iyon saMga Awit 110:1. Sinusubukan ni Hesus na maabot ang mga pang-relihiyong pinuno. Iniintindi Niya sila kayang ginamit ang kanilang uri ng pangangatuwiran at *exegesis*. Sila ay may napakaraming liwanag, ngunit lubhang binulag ng tradisyon.

**12:36 "Si David din ang nagsabi sa pamamagitan ng Banal na Espiritu"** Ito ay nagbibigay-diin ng inspirasyon ng Awit110 ng Banal na Espiritu. Ang Bibliya ay katotohanang galing sa Diyos (i.e., mula sa Espiritu), ngunit isinulat sa wika at kultura ng orihinal nitong mga may-akda.

▣ **"'SINABI NG PANGINOON SA AKING PANGINOON'"** Ito ay isang sipi mula sa Mga Awit 110:1 galing Septuagint. Sa Hebreo, ang unang "PANGINOON" (i.e., isinalin sa Ingles lahat sa malalaking titik) ay ating Ingles na paraan ng pagsasalin ng YHWH. Ito ay nangyari dahil ang mga Hebreo ay lubhang nag-aatubili sa paggamit ng pangkasunduang pangalan para sa pagka-Diyos. Samakatuwid, kapag ang isa ay dumating kay YHWH sa isang tekstong babasahin ng malakas, kaniyang pinapalitan ng Hebreong termino na *Adon,* na nangangahulugang "panginoon," "asawang lalaki," "may-ari," o "ginoon." Sa Griyego, ito ay isinalin sa *kurios*. Ang pagkakaibang ito ay hindi makikita sa Griyegong teksto kung saan ang *kurios* ay isinaling kapwa YHWH at *adon*.

## NATATANGING PAKSA: ANG MGA PANGALAN PARA SA PAGKA-DIYOS (NAMES FOR DEITY)

A. *El* (BDB 42, KB 48)
   1. Ang orihinal na kahulugan ng panlahat na salita para sa pagkaDiyos ay hindi tiyak, ngunit marami sa mga iskolar ay naniniwala na ito ay nagmula sa Akkadian na ugat na, "maging malakas" o "maging makapangyarihan" (cf. Genesis 17:1; Bilang 23:19; Deuteronomio 7:21; Mga Awit 50:1).
   2. Sa Cananeo na panteon ang mataas na diyos ay ang *El* (Ras Shamra na mga teksto), tinatawag na "and ama ng mga diyos" at "panginoon ng langit"
   3. Sa Bibliya ang *El* ay hindi kadalasan nasasamahan ng ibang mga salita. Ang mga kombinasyon na ito ay naging daan para maipakilala ang Diyos.
      a. *El-Elyon* (Kataas-taasang Diyos, BDB 42 & 751 II), Genesis 14:18-22; Deuteronomio 32:8; Isaias 14:14
      b. *El-Roi* ("Ang Diyos na nakakakita" o "Ang Diyos na naghahayag sa Kanyang sarili," BDB 42 & 909), Genesis 16:13
      c. *El-Shaddai* ("Makapangyarihang Diyos" o "Diyos ang Lahat ng Pagkahabag" o "Ang Diyos ng Kabundukan," BDB 42 & 994), Genesis 17:1; 35:11; 43:14; 49:25; Exodo 6:3
      d. *El-Olam* (ang Walang Hanggang Diyos, BDB 42 & 761), Genesis 21:33. Ang salitang ito ay maiuugnay sa teolohiya sa pangako ng Diyos kay David, II Samuel 7:13,16
      e. *El-Berit* ("Ang Diyos ng Kasunduan," BDB 42 & 136), Hukom 9:46
   4. Ang *El* ay itinutumbas sa
      a. YHWH sa Awit 85:8; Isaias 42:5
      b. *Elohim* sa Genesis 46:3; Job 5:8, "Ako ang *El*, ang *Elohim* ng iyong ama"
      c. *Shaddai* sa Genesis 49:25
      d. "panibugho" sa Exodo 34:14; Deuteronomio 4:24; 5:9; 6:15
      e. "awa" sa Deuteronomio 4:31; Nehemiah 9:31;
      f. "dakila at kamangha-mangha" sa Deuteronomio 7:21; 10:17; Nehemiah 1:5; 9:32; Daniel 9:4
      g. "kaalaman" sa I Samuel 2:3
      h. "aking matatag na kanlungan" sa II Samuel 22:33
      i. "aking tagapaghiganti" sa II Samuel 22:48
      j. "nag-iisang banal" sa Isaias 5:16
      k. "lakas" sa Isaias 10:21
      l. "aking kaligtasan" sa Isaias 12:2
      m. "dakila at makapangyarihan" sa Jeremias 32:18
      n. "ganti" sa Jeremias 51:56
   5. Ang pagkakasama ng lahat ng mga pangunahing pangalan sa OT ng Diyos ay matatagpuan sa Josue 22:22 (*El*, *Elohim*, *YHWH*, inulit)

B. *Elyon* (BDB 751, KB 832)
   1. Ang pangunahing kahulugan nito ay "mataas," "pinadakila," o "pinatayog pataas" (cf. Genesis 40:17; I Hari 9:8; II Hari 18:17; Nehemias 3:25; Jeremias 20:2; 36:10; Mga Awit 18:13).
   2. Ito ay ginagamit na isang katumbas na diwa sa maraming iba pang mga pangalan/titulo ng Diyos.
      a. *Elohim* – Mga Awit 47:1-2; 73:11; 107:11
      b. *YHWH* – Genesis 14:22; II Samuel 22:14
      c. *El-Shaddai* – Mga Awit 91:1,9
      d. *El* – Bilang 24:16
      e. *Elah* – madalas gamitin sa Daniel 2-6 at Ezra 4-7, na maiuugnay sa *illair* (Aramaiko para sa "Mataas na Diyos") sa Daniel 3:26; 4:2; 5:18,21
   3. Ito ay kadalasang ginagamit ng mga di-Israelita.
      a. Melchizedek, Genesis 14:18-22
      b. Balaam, Bilang 24:16
      c. Moises, tumutukoy sa mga bansa sa Deuteronomio 32:8
      d. Sa Ebanghelyo ni Lucas sa NT, sumulat sa mga Hentil, gumagamit din ng katumbas na Griyegong *Hupsistos* (cf. 1:32,35,76; 6:35; 8:28; Mga Gawa 7:48; 16:17)

C. *Elohim* (PANGMARAMIHAN), *Eloah* (PANG-ISAHAN), pangunahing ginagamit sa panulaan (tula) (BDB 43, KB 52)
   1. Ang salitang ito ay hindi matatagpuan sa labas ng Lumang Tipan.
   2. Ang salitang ito ay tinatalaga sa Diyos ng Israel o sa mga diyos ng mga bansa (cf. Exodo 12:12; 20:3). Ang angkan ni Abraham ay naniniwala sa maraming diyos (cf. Josue 24:2).
   3. Ito ay maaaring tumukoy sa mga hukom ng Israel (cf. Exodo 21:6; Mga Awit 82:6).
   4. Ang salitang *elohim* ay ginagamit din sa iba pang mga espiritwal na nilalang (mga anghel, pang-demonyo) tulad ng sa Deuteronomio 32:8 (LXX); Awit 8:5; Job 1:6; 38:7.
   5. Sa Bibliya, ito ay ang unang titulo/pangalan para sa pagka-Diyos (cf. Genesis 1:1). Ito ay tanging ginagamit hanggang sa Genesis 2:4, kung saan ito ay isinasama sa YHWH. Ito ay pangunahing (sa teolohiya) tumutukoy sa Diyos bilang tagapaglikha, tagapagpatuloy, at tagapagbigay ng lahat ng buhay sa mundong ito (cf. Awit 104).
      Iyon ay kasingkahulugan ng *El* (cf. Deuteronomio 32:15-19). Ito rin na maaaring itulad sa YHWH sa Awit 14 (*Elohim*, vv. 1, 2, 5; YHWH, vv. 2, 6; kahit na *Adon*, v. 4).
   6. Bagaman PANGMARAMIHAN at ginamit sa ibang diyos, ang salitang ito ay kadalasang itinatalaga sa Diyos ng Israel, ngunit kadalasang ito ay may PANG-ISAHAN PANDIWA upang mangahulugan ng paggamit ng iisang Diyos (tingnan ang Natatanging Paska: Monoteismo)
   7. Kataka-taka ito na ang isang karaniwang pangalan para sa monoteistikong Diyos ng Israel ay PANGMARAMIHAN (tingnan din ang "atin" sa Genesis 1:26; 3:22; 11:7)! Bagaman walang katiyakan, narito ang mga palagay (teoriya).
      a. Ang Hebreo ay may maraming MGA PANGMARAMIHAN, na kadalasang ginagamit sa bagbibigay-diin. Ang malapit na maiuugnay dito ay ang nahuling Hebreong pag-gramatikong katangian na tinatawag na "ANG PANGMARAMIHAN NG MAHARLIKA," kung saan ang PANGMARAMIHAN ay ginagamit upang palakihin ang isang kaisipan (konsepto).
      b. Ito ay maaaring tumukoy sa isang kalipunan (konseho) ng mga anghel, na ipinupulong ng Diyos sa langit at silang gumagawa ng Kanyang paghihintay (cf. I Hari 22:19-23; Job 1:6; Mga Awit 82:1; 89:5,7).
      c. Ito ay maaari pa ngang magpakilala ng kapahayagan sa NT ng iisang Diyos sa tatlong persona. Sa Genesis 1:1 ang Diyos ay naglikha; Genesis 1:2 ang Espiritu ay lumimlim, at mula sa NT si Hesus ay kinatawan ng Diyos Ama sa paglilikha (cf. Juan 1:3,10; taga-Roma 11:36; I taga-Corinto 8:6; taga-Colosas 1:15; Hebreo 1:2; 2:10).

D. YHWH (BDB 217, KB 394)
   1. Ito ay isang pangalan na nagpapakilala ng pagka-Diyos bilang Diyos na gumagawa ng kasunduan; Diyos bilang tagapagligtas, manunubos! Ang sangkatauhan ang sumira sa mga kasunduan, ngunit ang Diyos ay tapat sa Kanyang salit, pangako, kasunduan (cf. Mga Awit 103).
      Ang pangalang ito ay unang nabanggit sa kasama ng *Elohim* sa Genesis 2:4. Sila ay hindi dalawang tala ng paglilikha sa Genesis 1-2, ngunit dalawang pagbibigay-diin:
      a. ang Diyos bilang manlilikha ng kalawakan (ang pisikal; Mga Awit 104)
      b. ang Diyos bilang ang natatanging manlilikha ng sangkatauhan (Mga Awit 103).
      Ang Genesis 2:4-3:24 ay pinasimulan ang natatanging kapahayagan patungkol sa tanging kalalagayan at layunin ng sangkatauhan, gayundin ang suliranin ng kasalanan at paghihimagsik (rebelyon) na ikinakabit sa natatanging kalalagayan.
   2. Sa Genesis 4:26 sinasabing "pinasimulan ng mga *tao* ang pagtawag sa pangalan ng PANGINOON" (YHWH). Subalit, ang Exodo 6:3 ay nagpapahiwatig na ang naunang mga tao ng kasunduan (tipan) (ang mga Patriyarka at kanilang mga angkan) ay kilala lamang ang Diyos bilang *El–Shaddai*. Ang pangalang YHWH ay ipinaliwanag lamang ng isang pagkakataon sa Exodo 3:13-16, lalo na sa v. 14. Gayunman, ang mga sulat ni Moises kadalasang sinasalin ang salita sa pamamagitan ng mga kilalang paglalaro ng salita, hindi sa mga pinagmula ng salita (etimolohiya) (cf. Genesis 17:5; 27:36; 29:13-35). Mayroong maraming mga palagay sa kung ano ang kahulugan ng pangalan na ito (kinuha mula sa IDB, tomo 2, pp. 409-11).
      a. Mula sa isang Arabeng salitang-ugat, "maipakita ang maalab na pagmamahal"
      b. Mula sa iang Arabeng salitang-ugat "umihip" (YHWH bilang Diyos ng unos)
      c. Mulas sa isang Urgatikong (Canaanito) salitang ugat "magsalita"
      d. Sumusunod sa isang Ponetikong tatak o inskripsyon, isang CAUSATIVE NA PANDIWARI na nangangahulugang "ang Isang nagbibigay-lakas," o "ang Isang nagtatatag"
      e. Mula sa Hebreong *Qal* na anyo "ang Isang siya," o "ang Isang umiiral" (sa panghinaharap na diwa, "ang Isang iiral")
      f. Mula sa Hebreong *Hiphil* na anyo "ang Isang nagdudulot ng pag-iral"
      g. Mula sa Hebreong salitang-ugat na "mabuhay" (e.g., Genesis 3:20), na nangangahulugang "ang nabubuhay kailanman, Isang nabubuhay lamang"

h. Mula sa konteksto ng Exodo 3:13-16 isang paglalaro ng DI-GANAP NA anyo ay ginamit sa isang GANAP na diwa, “Ako ay magpapatuloy na maging ako sa kung ano ako dati” o “Ako ay magpapatuloy sa pag-iral sa kung anong palagiang pag-iral ako naging” (cf. J. Wash Watts, *A Survey of Syntax to the Old Testament*, p. 67). Ang buong pangalang YHWH ay kadalasang inihahayag sa pagdadaglat o maaaring isang orihinal na anyo.
   (1) *Yah* (e.g., Hallelu - yah, BDB 219, cf. Exodo 15:2; 17:16; Awit 89:9; 104:35)
   (2) *Yahu* (“iah” katapusan ng mga pangalan, e.g., Isaias)
   (3) *Yo* (“Jo” simula ng mga pangalan, e.g., Josue o Joel)

3. Sa mga huling Judaismo ang kasunduang pangalan ay naging napaka-banal (ang tetragramaton) na ang mga Hudyo ay natatakot sabihin ito na baka nila masira ang kautusan ng Exodo 20:7; Deuteronomio 5:11; 6:13. Kaya pinalitan nila ang Hebreong salita para sa “may-ari,” “puno,” “asawang lalaki,” “panginoon”—*adon* o *adonai* (aking panginoon). Kapag sila ay dumadating sa YHWH sa kanilang mga pagbasa sa tekstong OT ibinibigkas ito ng “panginoon.” Ito ang dahilan kaya ang YHWH ay sinusulat na PANGINOON sa mga Ingles na salin.
4. Kasama ang *El*, ang YHWH ay kadalasang isinasama sa iba pang mga salitang upang bigyang-diin ang mga tiyak ang katangian ng Diyos ng Kasunduan ng Israel. Bagaman may maraming maaaring pagsasama ng mga salitan, ito ang ilan.
   a. *YHWH – Yireh* (si YHWH ay maghahanda, BDB 217 & 906), Genesis 22:14
   b. *YHWH – Rophekha* (si YHWH ay iyong tagapagpagaling, BDB 217 & 950, *Qal* PANDIWARI), Exodo 15:26
   c. *YHWH – Nissi* (si YHWH ang aking watawat, BDB 217 & 651), Exodo 17:15
   d. *YHWH - Meqaddishkem* (si YHWH ang nag-iisang magpapabanal sayo, BDB 217 & 872, *Piel* PANDIWARI), Exodo 31:13
   e. *YHWH – Shalom* (si YHWH ay Kapayapaan, BDB 217 & 1022), Hukom 6:24
   f. *YHWH – Sabbaoth* (si YHWH ng mga hukbo, BDB 217 & 878), I Samuel 1:3,11; 4:4; 15:2; kadalasan sa mga Propeta
   g. *YHWH – Ro'I* (si YHWH ay aking pastol , BDB 217 & 944, *Qal* PANDIWARI), Mga Awit 23:1
   h. *YHWH – Sidqenu* (si YHWH ay ating katuwiran, BDB 217 & 841), Jeremias 23:6
   i. *YHWH – Shammah* (si YHWH ay nandito, BDB 217 & 1027), Ezekiel 48:35

▣ **“‘MAUPO KA SA AKING KANAN’”** Ang “Aking” ay tumutukoy kay YHWH. Ang antropomorpikong parirala (i.e., pagsasalaysay sa Diyos sa mga terminong pangkatawang tao) ay ukol sa pagpapakita ng lugar ng kapangyarihan, awtoridad, at pagiging-una ng Mesias. Ito ay nagpapakilala na ang Hari ng kalawakan ay ibinabahagi ang Kaniyang trono sa isa pa (i.e., Kaniyang Mesias, cf. 14:62).

▣ **“‘HANGGANG SA GAWIN KO ANG IYONG MGA KAAWAY NA TUNGTUNGAN NG IYONG MGA PAA’”** Ito ay nagpapatuloy na sipi mula sa Mga Awit 110:1. Ang pariralang ito ay nagpapahayag ng tagumpay ni YHWH para sa kapakanan ng Kaniyang Mesias (cf. Awit 2). Ang katotohanang ito ay karagdagang nahayag sa I taga-Corinto 15:24-27 at dinala sa katapusan sa walang hanggang kaharian ng Ama sa I taga-Corinto 15:28!

Ang sipi ni Marcos (at Mateo 22:44) ng Mga Awit 110:1 ay naiiba mula sa Masoretikong Hebreong teksto at ang Septuagint (gaya ng sipi ni Marcos ng Deuteronomio 6:4-5 sa vv. 29-30). Ang MT at ang LXX ay may “hanggang sa gawin ko ang iyong mga kaaway na isang tungtungan para sa Iyong mga paa” (cf. Lucas 20:43; Mga Gawa 2:34-35). Ang mga eskriba (i.e., MSS א, A, L, at ang Vulgata at Peshittang mga salin) ay binago ang sipi ni Marcos upang umakma sa sipi ng OT.

**12:37** Ito ang pinakabuod ng tanong. Iyon ay nagpapakita na (1) ang mga pang-relihiyong pinuno ay hindi nakakaunawa (i.e., bulag sa espirituwal) ng Banal na Kasulatan, kahit na ang tungkol sa Mesias o (2) Kristo, bagaman anak ni David, ay nakakahigit sa espirituwal kay David at sa katotohanan, ay mayroong isang pang-Diyos na pinagmulan. Gaya ng kanilang pagtatangkang linlanging si Hesus ng mga tanong, kaya ngayon sila ay tinatanong Niya ng isang tanong na nakapagtahimik sa kanila.

Sa aking palagay, ang #2 ay, sa teolohiya, ang nararapat na tugon. Ang YHWH ng OT ay pinili ang pang-Mesias na linya na hiwalay sa pagpupuniyagi ng tao o pangkulturang mga tradisyon (i.e., ang lahat ng Patriyarka ay nagpakasal sa mga baog na babae at hindi kailanman ang pinakamatandang anak ang naging piniling linya)! Ito ay isang mahusay, ngunit malakas na pagpapatunay na ang Mesias ay magiging mas dakila kay David (i.e., “panginoon” o “ginoo” ni David), na tiyakang nagpapahiwatig isang pagkilos ng Diyos, kahit na ang isang personang Diyos.

▣ **“At ang mga karaniwang tao ay nangakikinig sa kaniyang may galak”** Ang malaking bilang ng mga tao ay isang inuulit na katangian ng Ebanghelyo ni Marcos. Ang mga tao ng lupain, na kadalasang nililibak at nakakaligtaan ng pang-relihiyong elitista (cf. vv. 38-40), ay natutuwang makita Hesus nakitunga sa mga mayayabang na pang-relihiyong pinuno gamit ang kanilang sariling pamamaraan.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 12:38-40

**[38]At sinabi niya sa kaniyang pagtuturo, Mangagingat kayo sa mga eskriba, na ibig magsilakad na may mahahabang damit, at pagpugayan sa mga pamilihan. [39]At ibig nila ang mga pangulong upuan sa mga sinagoga, at ang mga pangulong luklukan sa mga pigingan: [40]Silang nangananakmal ng mga bahay ng mga babaing bao, at dinadahilan ay ang mahahabang panalangin; ang mga ito'y tatanggap ng lalong malaking kahatulan.**

**12:38 "'sa mga eskriba, na ibig'"** Ang lilipas na ugnayan sa pagitan 12:25-27 at vv. 38-40 ay di-tiyak. Maliwanag na Kaniyang ipinapahayag ang katulad na kaurian ng mga pinuno (i.e., mga eskriba), ngunit iyon ay di-tiyak kung ang mga eskriba ng 35-37 ang binabanggit o ibang mga eskriba na nais magpasikat ng kanilang relihiyon. Tiyak na ang mga salita ni Hesus ay nauugnay din sa mga Saduceo at mga Fariseo na nagpapakita ng isang pang-relihiyong pagpapasikat sa upang makilala ng mga tao.

▣ **"'magsilakad na may mahahabang damit'"** Ito ay tumutukoy sa isang natatanging puting damit na *tallith* na may malaking asul na palawit na isinusuot ng mga eskriba. Ang Talmud ay tinuturo na ang isa ay kailangang tumayo sa harapan ng isang rabbi. Ang mga lalaking ito ay gustong-gusto ang nagitong pagtrato (i.e., mga natatanging balabal sa panalangin, mga magagalang na bagbati, pinakamainam na upuan sa pagsamba, at lugar ng karangalan sa hapag kainan). Taglay nila ang lahat, ngunit nilaktawan si Kristo!

**12:40 "'Silang nangananakmal ng mga bahay ng mga babaing bao'"** Ito ay maaaring matalinghagang wika na tumutukoy sa (1) kabigatan ng pagbibigay-limos na inaatas ng mga pinunong ito sa lahat ng tao o (2) ang pagsasagawa ng panghihikayat sa mga balong babae na ipagkaloob ang kanilang minana (i.e., kabuhayan) sa templo. Kaugnay nito, ito tumutukoy sa ang mapagmanipulang pamamaraan ng pagtitipon ng pondo ng mga pang-relihiyong pinuno.

▣ **"'dinadahilan ay ang mahahabang panalangin'"** Sila ay nanalangin upang makita ng iba, hindi upang marinig ng Diyos. Ang kanilang relihiyon ay isang panlabas na pagpapasikat (cf. Isaias 29:13; Mateo 7:21-23; taga-Colosas 2:16-23), ngunit hindi nila nakikilala ang pinakadakilang kaloob ng Diyos!

▣ **"ang mga ito'y tatanggap ng lalong malaking kahatulan"** Ang kanilang pang-relihiyong pananampalataya ay isang panlabas na pagpapasikat, hindi isang aktibong panloob na pananampalataya ng pag-ibig at paglilingkod (cf. vv. 28-34). Ang pariralang ito maaaring ay nagpapakilala ng (1) mga antas ng kaparusahan (cf. Mateo 10:15; 11:22,24; 18:6; 25:21,23; Lucas 12:47-48; 20:47; Santiago 3:1) o (2) Silanganing matalinghagang labis na pahayag (i.e., eksaherasyon).

## NATATANGING PAKSA: MGA ANTAS NG MGA GANTIMPALA AT KAPARUSAHAN (DEGREES OF REWARDS AND PUNISHMENTS)

A. Ang nararapat o di-nararapat na pagtugon sa Diyos ay batay sa kaalaman. Ang mas kaunti na kaalaman meron ang isa, mas kaunti ang pagiging responsable mayroon siya. Ang kabaliktaran ay totoo rin. (Lucas 12:45)

B. Kaalaman sa Diyos ay nagmumula sa dalawang pangunahing mga paraan
   1. nilikha (cf. Mga Awit 19; taga-Roma 1-2)
   2. Kasulatan (cf. Mga Awit 19, 119; ang ebanghelyo)

C. Katibayan sa OT
   1. mga pabuya
      a. Genesis 15:1 (madalas inuugnay sa makamundong pabuya, lupain mga anak)
      b. Deutronomio 27-28 (tipanang pagsunod ay nagdadala ng pagpapala)
      c. Daniel 12:3
   2. mga kaparusahan – Levitico 26:14-39; Deutronomio 27:15-26; 28:15-37 (tipanang pagsuway ay nagdadala ng sumpa)
   3. Ang OT tularan ng pabuya para sa personal, tipanang katuwiran ay binago dahil sa kasalanan ng tao. Ang modepikasyong ito ay makikita sa Job at Awit 73. Ang NT ay binago ang pokus mula sa mundong ito tungo sa kasunod (cf. ang Sermon sa Bundok, Mateo 5-7).

D. Katibayan sa NT
   1. mga pabuya (higit sa kaligtasan)
      a. Marcos 9:41
      b. Mateo 5:12,46; 6:1-4,5-6,6-18; 10:41-42; 16:27; 25:14-23
      c. Lucas 6:23,35; 19:11-19,25-26
   2. kaparusahan
      a. Marcos 12:38-40
      b. Lucas 10:12; 12:47-48; 19:20-24; 20:47

c. Mateo 5:22,29,30; 7:19; 10:15,28; 11:22-24; 13:49-50; 18:6; 25:14-30
d. Santiago 3:1

E. Para sa akin ang tanging analohiya na nagbibigay ng kahulugan ay mula sa opera. Hindi ako nakakapanood ng presentasyon ng opera kaya hindi ko sila nauunawaan. Habang lalo kong nalalaman ang hirap at masalimout ng plot, musika, at sayaw, mas higit kong napapahalagahan ang pagtatanghal. Ako ay naniniwala na ang langit ay magpupuno sa ating mga tasa, ngunit aking naisip na ang ating pangmundong paglilingkod ay magdedetermina ng sukat ng tasa.

Samakatuwid, ang kaalaman at ang pagtugon sa kaalaman ay nagreresulta sa mga pabuya at mga kaparusahan (cf. Mateo 16:7; I taga-Corinto 3:8,14; 9:17,18; taga-Galacia 6:7; II Timoteo 4:14). Mayroong isang espiritwal prinsipyo—ating naaani auman ang ating itinatanim! Ang ilan ay nagtatanim ng mas higit at nag-aani ng mas higit (cf. Mateo 13:8,23).

F. "Ang korona ng katuwiran" ay nasa atin batay sa natapos na gawa ni Hesukristo (cf. II Timoteo 4:8), ngunit pansinin na "ang korona ng buhay" ay konektado sa pagtitiis sa ilalim ng pagsubok (cf. Santiago 1:12; Pahayag 2:10; 3:10-11). Ang "korona ng kaluwalhatian" para sa Kristyanong mga pinuno ay konektado sa kanilang pamumuhay (cf. I Pedro 5:1-4). Nalalaman ni Pablo na siya ay may di-mawawala na korona, ngunit siya ay nag-eehersisyo ng labis na pagkontrol sa sarili (cf. I taga-Corinto 9:24-27).

Ang misteryo ng buhay Kristyano ay ang ebanghelyo ay walang alinlangang libre ayon sa natapos na gawa ni Kristo, ngunit tayo ay dapat na tumugon sa inaalok ng Diyos kay Kristo, dapat din tayong tumugon sa pagpapalakas ng Diyos para sa buhay Kristyano. Ang buhay Kristyano ay kasing higit sa karaniwang gaya ng sa kaligtasan, subalit dapat nating tanggapin ito at panghawakan ito. Ang libre-ngunit-naggugol-ng-lahat na kabalintunaan ay ang misteryo ng mga pabuya at pagtatanim/pag-aani.

Tayo ay hindi iniligtas <u>sa pamamagitan ng</u> mabuting mga gawa, <u>para sa</u> mabubuting mga gawa (cf. taga-Efeso 2:8-10). Ang mabubuting mga gawa ay ebidensya na Siya ay ating nakatagpo (cf. Mateo 7). Ang tao ay may merito sa lugar ng kaligtasan na nagdadala sa destruksyon, ngunit ang makadiyos na pamumuhay ay nagreresulta mula sa kaligtasan ay may pabuya.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 12:41-44

**41 At umupo siya sa tapat ng kabang-yaman, at minasdan kung paanong inihuhulog ng karamihan ang salapi sa kabang-yaman: at maraming mayayaman ang nangaghuhulog ng marami. 42 At lumapit ang isang babaing bao, at siya ay naghulog ng dalawang lepta, na ang halaga'y halos isang beles. 43 At pinalapit niya sa kaniya ang kaniyang mga alagad, at sinabi sa kanila, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang dukhang baong babaing ito, ay naghulog ng higit kay sa lahat ng nangaghuhulog sa kabang-yaman: 44 Sapagkat silang lahat ay nagsipaghulog ng sa kanila'y labis; datapuwat siya sa kaniyang kasalatan ay inihulog ang buong nasa kaniya, sa makatuwid baga'y ang buong kaniyang ikabubuhay.**

**12:41 "kabang-yaman"** Ang Mishnah (at si Alfred Edersheim, *Temple,* pp 48-49) ay nagsasabing mayroong labing-tatlong mga kabang hugis trumpeta, bawat isa ay minarkahan para sa isang tiyak na pagkakawang-gawang layunin, na makikita sa Lugar ng mga Kababaihan. Wala pang natatagpuang anumang pisikal na katibayang ng mga ito o anumang pampanitikang pagpapatunay maliban sa Mishna ng kanilang pag-iral.

**12:42 "ng dalawang lepta"** Ito sa literal ay "lepton" (ang isang manipis), na halaga lamang ng isang maliit na bilang (1/24 o 1/96) ng isang denario. Iyon ang pinaka mababang halaga ng Hudyong baryang tanso.

▣ **"na ang halaga ay halos isang beles"** Ito ang terminong Latin na *quadrans,* na katumbas ng *lepton,* ang pinakamaliit Roman baryang tanso (1/4 ng isang *assarion,* na ay dito ay 1/16 ng isang denario). Ang Marcos ay maaaring isinulat sa taga-Roma.

## NATATANGING PAKSA: MGA BARYA NA GINAMIT SA PALESTINA SA PANAHON NI HESUS (COINS IN USED IN PALESTINE IN JESUS' DAY)

I. Tanso na mga barya
   A. *cherma* – maliit na halaga (cf. Juan 2:15)
   B. *chalchos* – maliit na halaga (cf. Mateo 10:9; Marcos 12:41)
   C. *assarion* – isang Romanong tanso na barya na nagkakahalaga ng mahigit 1/16 ng isang *dēnarius* (cf. Mateo 10:29)
   D. *kodrantes* – isang Romanong tanso na barya na nagkakahalaga ng mahigit 1/64 ng isang *dēnarius* (cf. Mateo 5:26)
   E. *lepton* – isang makaHudyong tanso na barya na nagkakahalaga ng mahigit 1/128 ng isang *dēnarius* (cf. Marcos 12:42; Lucas 21:2)
   F. *quadrans/farthing* – isang Romanong tanso na barya na may maliit na halaga

II. Pilak na mga barya
  A. *arguros* ("Pilak na barya") – higit na may halaga kaysa sa tanso o bronze na barya (cf. Mateo 10:9; 26:15)
  B. *dēnarius* – isang Romanong Pilak na barya na nagkakahalaga ng isang araw na pagtratrabaho (cf. Mateo 18:28; Marcos 6:37)
  C. *drachmē* – isang Griyegong Pilak na barya na kapareho ng halaga ng isang *dēnarius* (cf. Lucas 15:9)
  D. *di-drachmon* – ang dobleng *drachmas* ay kapareho ng isang makaHudyong ½ ng shekel (cf. Mateo 17:24)
  E. *statēr* – isang Pilak na barya na may halagang mahigit sa apat na *dēnarii* (cf. Mateo 17:27)

III. Ginto na barya– *chrusos* ("Ginto na baryas") – pinakamahalagang barya (cf. Mateo 10:9)

IV. Pangkalahatang Termino para sa timbang ng mga bakal
  A. *mnaa* – Latin *mina*, isang bigat ng bakal na nagkakahalaga ng 100 ng *dēnarii* (cf. Lucas 19:13)
  B. *talanton* – isang Griyego panukat ng timbang (cf. Mateo 18:24; 25:15,16,20,24,25,28)
    1. Pilak ang halaga ay 6,000 *dēnarii*
    2. Ginto ang halaga 180,000 *dēnarii*
  C. *sheqel* –isang makaHudyong sa OT na timbang ng Pilak (cf. Genesis 23:15; 37:28; Exodo 21:32)
    1. *pīm* – 2/3 shekel
    2. *beka* – ½ shekel
    3. *gerah* – 1/20 shekel

    Mas malaking mga panukat
    1. *maneh* – 50 shekels
    2. *kikkar* – 3,000 shekels

**12:43 "'Katotohanan'"** Ito sa literal ay "amen." Tingnan ang Natatanging Paksa sa 3:28.

**12:44** Ang lubusang pananampalataya ng babaeng ito ay pinag-iba sa pang-relihiyong kapalaluan at kababawan ng mga eskriba. Kinamkam nila ang pinagkukunan ng balo. Ang balong ito ay pinagkaloob ang <u>lahat</u> ng ng kaniyang pinagkukunan sa Diyos at samakatuwid ay umaasa sa Kaniya sa pamamagitan ng pananampalataya upang tustusan ang kaniyang mga pangangailangan. Sa pagkakaloob, ang Diyos ay tumitingin sa puso, hindi sa halaga (cf. II taga-Corinto 8-9). Ngunit pansinin din na ang halaga ay ang <u>lahat</u> na mayroon siya. Ang pagkakaloob, tulad ng mga gawa at mga salita, ay nagpapahayag ng puso! Tingnan ang Natatanging Paksa: Kayamanan sa 10:23.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Itala ang kuhulugan ng bawat sumusunod na mga bagay sa talinghaga (12:1-12)
   a. Panginoon ng Ubasan______________________________
   b. Ubasan______________________________
   c. Mga Upahan______________________________
   d. Mga Alipin______________________________
   e. Anak______________________________
2. Bakit ang bahagyan sipi ng Awit 118 lubhang nararapat na dito (i.e., v. 10)?
3. Ano ay ang kahalagahan ng talinghaga (i.e., vv. 1-12) sa Hudyong bayan (cf. Mateo 21:43-44)? Suriin din ang taga-Roma 9-11 para sa isang balanseng kapahayagan.
4. Ibuod ang sentrong mga katotohanan ng mga kapahayagan ni Kristo.
   a. patungkol sa mga awtoridad sibil (vv. 13-17)
   b. patungkol sa mga muling pagkabuhay (vv. 18-27)
   c. patungkol sa kautusan (vv. 28-34)

d. patungkol sa titulong "Anak ni David" (vv. 35-40)

e. patungkol sa pagbibigay at pagpapasiya (vv. 41-44)

5. Mayroon bang mga antas ng kaparusahan (cf. v. 40)?

# MARCOS 13

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Pagkawasak ng Templo ay Hinulaan | Hinulaan ni Hesus ang Pagkawasak ng Templo | Pagkawasak ng Herusalem ay Hinulaan | Si Hesus ay Nagpapahayag ng Pagkawasak ng Templo | Ang Eskatolohikong Pagtalakay: Panimula |
| 13:1-2 | 13:1-2 | 13:1-2 | 13:1-2 | 13:1-2 |
| Ang Simula ng mga Pighati | Mga Tanda ng mga Araw at Wakas ng Panahon | Sa Wakas ng Panahon | Mga Kaguluhan at Pag-uusig | |
| 13:3-13 | 13:3-13 | 13:3-13 | 13:3-8 | 13:3-4 |
| | | | | Ang Simula ng mga Pighati |
| | | | | 3:5-8 |
| | | | 13:9-13 | 13:9-10 |
| | | | | 13:11-13 |
| Ang Dakilang Kapighatian | Ang Dakilang Kapighatian | | Ang Kakila-kilabot na Katakutan | Ang Dakilang Kapighatian ng Herusalem |
| 13:14-23 | 13:14-23 | 13:14-23 | 13:14-20 | 13:14-20 |
| | | | 13:21-23 | 13:21-23 |
| Ang Pagdating ng Anak ng Tao | Ang Pagdating ng Anak ng Tao | | Ang Pagdating ng Anak ng Tao | Ang Pagdating ng Anak ng Tao |
| 13:24-27 | 13:24-27 | 13:24-27 | 13:24-27 | 13:24-27 |
| Ang Aral ng Puno ng Igos | Ang Parabula ng Puno ng Igos | | Ang Aral ng Puno ng Igos | Ang Panahon ng Pagdating |
| 13:28-31 | 13:28-31 | 13:28-31 | 13:28-31 | 13:28-31 |
| Ang Di-kilalang Araw at Oras | Walang Nakakaalam ng Araw at Oras | | Walang Nakakaalam ng Araw at Oras | |
| 13:32-37 | 13:32-37 | 13:32-37 | 13:32-37 | 13:32 |
| | | | | Maging Handa |
| | | | | 13:33-37 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng pagpapaliwanag. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata
2. Pangalawang talata
3. Pangatlong talata
4. Atbp.

## MGA KAUNAWAANG KONTEKSTWAL

A. Ang mga eskatolohikong talata ng Bagong Tipan ay nagpapakilala ng pang-propesiyang kabatiran ng Lumang Tipan na tinitingnan ang huling-panahon sa pamamagitan ng mga pangkasalukuyang pangyayari. Sinundan ni Hesus ang ganitong huwaran. Ang mga propeta sa OT, Mikas at Jeremias ay hinulaan ang pagkawasak ng Herusalem at ang templo bilang isang tanda ng kahatulan ng Diyos sa di-nananampalatayang Israel. Tatawag ang Diyos ng mga Hentil upang hatulan ang Kaniyang bayan at upang sakupin ang kanilang lupain. Ngayon sa NT, ang bayan ng Diyos ay patuloy na kumikilos sa kawalang-pananampalataya. Itinanggi nila Kaniyang Mesias. Sila ay mawawasak, kasama ng kanilang lungsod at templo (i.e., A.D. 70 ni Tito). Ang kanilang ipinangakong lupain ngayon ay ipinagkaloob sa iba (cf. 12:1-12, lalo na sa v. 9, i.e., tila mga Hentil na mananampalataya. Ang Hentil na misyon ay inilarawan sa 13:9-13).

B. Mateo 24, Marcos 13, at Lucas 21 ay lubhang mahirap maipaliwanag dahil sila sa ito ay tumutukoy sa maraming tanong na magkakasabay.
   1. kailan mawawasak ang templo?
   2. ano ang tanda ng pagbabalik ng Mesias?
   3. kailan magwawakas ang panahong ito?

C. Ang genre ng Bagong Tipang eskatolohiya ay kadalasang isang pagsasama ng apokaliptiko at pang-propesiyang wika, na sinadyang may kalabuan at may mataas na simbolismo.

D. Maraming mga talatang sa NT (cf. Mateo 24, Marcos 13, Lucas 17 at 21, I at II taga-Thesalonica at Pahayag) ay tumatalakay sa Ikalawang Pagdating. Ang mga talatang ito binibigyang-diin
   1. na ang tiyak na panahon ng ang pangyayari ay hindi malalaman, ngunit ang pangyayari ay may katiyakan
   2. na ang huling salin-lahi ay malalaman ang pangkalahatang panahon, ngunit hindi ang tiyak panahon, ng mga pangyayari
   3. na iyon ay mangyayari nang biglaan at hindi inaasahan
   4. na bawat salin-lahi ng mga mananampalataya ay kailangang maging mapagpanalangin, hand, at matapat sa itinakdang mga gawain

E. Ang pangunahing pagtuon ng kabanatang ito ay nasa mga praktikal na pagpapayo (19 MGA PAUTOS), hindi sa pagtuturo ng tiyak na panahon o pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari ng Ikalawang Pagdating.

F. Ang dalawang susing mga parilala ay (1) "mag-ingat" (vv. 5,9,23,33) at (2) "ngunit hindi pa" (vv. 7,10). Ang tambalang pagtuon ng "maging handa" at "maghintay nang may pagtitis" ay balanse sa iba pang kabalintunaan ng "nandito na" at "ngunit hindi pa."

### NATATANGING PAKSA: ESCHATOLOHIYA – BAKIT MARAMING DOGMATIKONG PAGPAPALIWANAG NG PAHAYAG ANG MGA KRISTIYANO? (WHY DO CHRISTIANS HAVE SO MANY DOGMATIC INTERPRETATIONS OF REVELATION?)

(Ito ay hango sa komentaryo ni Dr. Utley sa Pahayag, tomo 12, 1998)

Sa mga taon ng aking pag-aaral ng eskatolohiya, aking napag-alaman na ang karamihan sa mga Kristiyano ay wala o hindi nais ang isang maunlad, sistematikong, katapusang-panahon na pagkakasunod-sunod. Mayroong ilang mga Kristiyano na nagbibigay-tuon o ginagawang pangunahin saa bahaging ito ng Kristiyanismo para sa teolohiko, sikolohiko, o denominasyonal na mga kadahilanan. Ang mga Kristiyanong ito ay tila nahumaling sa kung papaano ito magwawakas, at nakaligtaan ang pangangailangan ng ebanghelyo! Ang mga mananampalataya ay hindi makakaapekto adyendang eskatolohiko ng Diyos (huling-panahon), ngunit sila ay maaaring makilahok pang-ebanghelyong kautusan (cf. Mateo 28:19-20; Lucas 24:47; Mga Gawa 1:8). Karamihan sa mga mananampalataya ay naninindigan sa isang Pangalawang Pagdating ni Kristo at isang huling-panahon kahahantungan ng mga pangako ngDiyos. Ang mga suliranin sa pagbibigay paliwanag ay nagbubuhat mula kung papaano maunawaan ang mga panandaliang kahahantungan nanggagaling mula sa maraming biblikal na mga kabalintunaan (tingnan ang Natatanging Paksa: Kabalintunaan sa Banal na Kasulatan).

1. ang pag-igting sa pagitan ng mga pang-propesiyang huwaran ng Lumang Kasunduan at mga pang-apostol ng Bagong Kasunduan
2. ang pag-igting sa pagitan ng monoteismo ng Bibliya (isang Diyos para sa lahat) at ang pagpili ng Israel (ang natatanging bayan)
3. ang pag-igting sa pagitan ng may pasubali aspeto ng biblikal na mga kasunduan at mga pangako ("kung. . .samakatuwid") at ang walang pasubaling katapatan ng Diyos sa katubusan ng nalugmok na sangkatauhan
4. ang pag-igting sa pagitan ng uri (dyanra) ng panitikan ng Near Eastern pampanitikan at makabagong

huwaran ng kanluraning pampanitikan

5. ang pag-igting sa pagitan ng ang Kaharian ng Diyos bilang kasalukuyan, ngunit sa panghinaharap
6. ang pag-igting sa pagitan ng paniniwala ng nalalapit na pagbabalik ni Kristo at ang paniniwala na ang ilang mga pangyayari ay kailangan munang mangyari.

Ating talakayin ang mga pag-igting na ito nang isa-isa.

**UNANG PAG-IGTING** (OT pang-lahi, pambansa, at pang-heograpikong mga kaurian laban sa lahat mga mananampalataya sa mundo)

Ang mga propeta ng OT ay hinulaan ang pagpapanumbalik ng isang Hudyong kaharian sa Palestino na naka-sentro sa Herusalem kung saan ang lahat ng mga bansa ng mundo ay magtitipon upang papurihan at paglingkuran ang pinunong galing kay David, ngunit si Hesus o ang mga Apostol ng NT ay hindi tumuon sa panukalang ito. Hindi ba kinasihan ang OT (cf. Mateo 5:17-19)? Tinanggal ba ng NT ang mga napakahalagang pangyayari sa huling-panahon?

Mayroong maraming mga pinanggalingan ng kaalaman patungkol sa pagwawakas ng mundo:

1. mga propeta sa OT (Isaias, Mikas, Malakias)
2. mga manunulat na apokaliptiko sa OT (cf. Ezekiel 37-39; Daniel 7-12; Zacarias)
3. mga Hudyong manunulat na di-kanoniko sa pagitan ng OT at NT (tulad ng I Enoch, na may pagkabanggit sa Judas)
4. si Hesus mismo (cf. Mateo 24; Marcos 13; Lucas 21)
5. ang mga sulat ni Pablo (cf. I taga-Corinto 15; II taga-Corinto 5; I taga-Tesalonica 4-5; II taga-Tesalonica 2)
6. ang mga sulat ni Juan (I Juan at Pahayag).

Ang lahat bang ito ay maliwanag na nagtuturo ng isang huling-panahon na panukala (mga pangyayari, pagkakasunod-sunod, mga tao)? Kung hindi, bakit? Hindi ba lahat sila kinasihan (maliban sa pang-Hudyong mga sulat sa pagitan ng OT at NT)?

Ang Espiritu ay nahahayag ng mga katotohanan sa mga manunulat ng OT sa mga salita at mga kaurian na maaari nilang maunawaan. Gayunman, sa pamamagitan ng progresibong kapahayagan ang Espiritu ay pinalawak ang mga kaunawan sa eskatolohiya ng OT sa isang panlahatang saklaw ("ang hiwaga ni Kristo," cf. taga-Efeso. 2:11-3:13. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 10:7). Dito ay ilang nauukol na mga halimbawa:

1. Ang lungsod ng Herusalem sa OT ay ginamit bilang isang talinghaga ng bayan ng Diyos (Sion), ngunit ipinanukala sa NT bilang isang salita na naghahayag ng pagtanggap ng Diyos sa lahat ng nagsisisi, ang mga nananampalatayang tao (ang bagong Herusalem ng Pahayag 21-22). Ang teolohikong pagpapalawak ng isang literal, pisikal na lungsod sa bagong bayan ng Diyos (nananampalatayang mga Hudyo at mga Hentil) ay pagpapaunang larawan sa pangako ng Diyos na tubusin ang nalugmok na sangkatauhan sa Genesis 3:15, bago pa nagkaroon ng anumang mga Hudyo o pang-Hudyong kabiserang lungsod. Kahit na ang pagtawag kay Abraham (cf. Genesis 12:1-3) ay kinapapalooban ng mga Hentil (cf. Genesis 12:3; Exodo 19:5). Tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH.
2. Sa OT, ang mga kaaway ng bayan ng Diyos ay ang mga nakapalibot na bansa ng Sinaunang Near East, ngunit sa NT sila ay pinalawaka sa lahat ng di-nananampalataya, laban sa Diyos, na bayang pinapalakas ni Satanas. Ang digmaan ay kumilos mula isang heograpiko, pang-relihiyong pag-aaway sa isang pandaigdig, pangsanlibutang pag-aaway (cf. taga-Colosas).
3. Ang pangako ng isang lupain na sa <u>lubhang</u> mahalaga sa OT (ang Patriyarkong mga pangako ng Genesis, cf. Genesis 12:7; 13:15; 15:7,15; 17:8) ngayon ay naging buong mundo. Ang Bagong Herusalem ay dumating sa isang muling linikhang mundo, hindi lamang o natatangi sa Near East (cf. Pahayag 21-22).
4. Ang ilan pang ibang ang mga halimbawa ng pangpropesiyang kaisipan sa OT na pinalawak ay:
    a. ang binhi ni Abraham na ngayon tinuli sa Espiritu (cf. Roma 2:28-29)
    b. ang kasunduang bayan ngayon ay insinama ang mga Hentil (cf. Osea 1:10; 2:23, sinipi sa taga-Roma 9:24-26; gayundin sa Levitico 26:12; Exodo 29:45, sinipi sa II taga-Corinto 6:16-18 at Exodo 19:5; Deuteronomio 14:2, sinipi sa Tito 2:14)
    c. ang templo ngayon ay si Hesus (cf. Mateo 26:61; 27:40; Juan 2:19-21) at sa pamamagitan ng Niya ang lokal na iglesiya (cf. I taga-Corinto 3:16) o ang indibidwal na mananampalataya (cf. I taga-Corinto 6:19)
    d. kahit na ang Israel at kanyang pangkatangiang paglalarawan sa mga parirala sa OT, ngayon ay tumukoy sa ang buong bayan ng Diyos (i.e.,"Israel," cf. taga-Roma 9:6; taga-Galacia 6:16, i.e.,"kaharian ng mga saserdote," cf. I Pedro 2:5, 9-10; Pahayag 1:6)

Ang propesiyang huwaran ay natupad, pinalawak, ay pinalawak, at ngayon ay mas naibibilang. Si Hesus at ang mga manunulat na Apostol ay hindi nagpahayag ng huling-panahon sa katulad paraan na gaya ng mga propeta sa OT (cf. Martin Wyngaarden, *The Future of The Kingdom in Prophecy and Fulfillment*). Ang mga makabagong tagapagsalin na nagtangkang gumawa ng literal na huwaran sa OT o normatibo ay binaluktot ang Pahayag sa isang napaka maka-Hudyong aklat at pinilit ang kahulugan sa lumugso, di-maliwanag na mga parirala nina Hesus at Pablo! Ang mga manunulat ng NT ay hindi sinasalungat ang mga propeta ng OT, ngunit ipinapakita ang kanilang pangwakas na kahihinatnan ng lahat. Walang isinaayos, na lohikong sistema ang eskatolohiya nina Hesus o Pablo. Ang kanilang layunin una sa lahat ay pagkatubusan o pastoral.

Gayunman, kahit na sa loob na NT ay may pag-igting. Walang malinaw na pagsasaayos ng mga eskatolohikong pangyayari. Sa maraming mga paraan ang Pahayag ay nakakagulat na gumagamit ng mga mga pagkabanggit sa OT sa paglalarawan ng katapusan sa halip na ang mga katuruan ni Hesus (cf. Mateo 24; Marcos 13)! Sinusundan nito ang pampanitikang dyanra na sinimula sa pamamagitan nina Ezekiel, Daniel, at Zacarias, ngunit lumago sa yugto na nasa pagitan ng OT at NT (pang-Hudyong apokaliptikong panitikan). Ito ay maaaring paraan ni Juan sa pag-uugnay ng Luma at Bagong mga Kasunduan. Ito ay nagpapakita ng napakatanda nang huwaran ng paghihimagsik ng tao at pangako ng Diyos sa katubusan! Ngunit kailangan itong itala na bagaman ang Pahayag ay gumagamit ng wika, mga tao at pangyayari sa OT, ito ay muling ipinaliwanag sa kanila sa liwanag ng unang-siglong Roma (cf. Pahayag 1:7).

**PANGALAWANG PAG-IGTING** (monoteismo laban sa isang piniling bayan)

Ang biblikal pagbibigay-diin ay nasa isang personal, espiritwal, manlilikha-manunubos, na Diyos (cf. Exodo 8:10; Isaias 44:24; 45:5-7,14,18,21-22; 46:9; Jeremias 10:6-7). Ang natatangi sa OT sa kanyang sariling panahon ay ang kanyang monoteismo (tingnan ang Natatanging Paksa: Monoteismo). Ang lahat ng mga nakapalibot na bansa ay may maraming diyos. Ang kaisahan ng Diyos ay ang puso ng kapahayagan sa OT (cf. Deuteronomio 6:4). Ang paglikha ay isang yugto para sa ang layunin ng pakikipag-ugnaya sa pagitan ng Diyos at sangkatauhan, na linikha sa Kanyang larawan at wangis (cf. Genesis1:26-27). Gayunman, ang sangkatauhan ay naghimagsik, nagkasala laban sa pag-ibig, pamumuno at layunin ng Diyos (cf. Genesis 3). Ang pag-ibig at layunin ng Diyos ay lubhang malakas at tiyak na Kaniyang ipinangako na tutubusin ang nalugmok na sangkatauhan (cf. Genesis 3:15)!

Nagkakaroon ng pag-igting kapag ang Diyos ay pumili na gumamit ng isang tao, isang pamilya, isang bansa upang abutin ang nalalabing bahagi ng sangkatauhan. Ang pagpili ng Diyos kay Abraham at sa mga Hudyo bilang isang kaharian ng mga saserdote (cf. Exodo 19:4-6) ay nagbunga ng pagmamataas sa halip na paglilingkod, pagpapalayas sa halip na pagsasama. Ang panawagan ng Diyos kay Abraham ay nakapaloob ang kusang pagpapala sa lahat ng sangkatauhan (cf. Genesis 12:3). Ito kailangang maunawaan at bigyang-diin na ang pagpili sa OT pagpili ay para sa paglilingkod, hindi sa kaligtasan. Ang lahat ng Israel ay hindi kailanman tama sa Diyos, hindi kailanman walang-hanggang ligtas na nakabatay lamang sa kanilang karapatan sa pagkakasilang (cf. Juan 8:31-59; Mateo 3:9), ngunit sa pamamagitan ng personal na pananampalataya at pagsunod (cf. Genesis 15:6, sinipi sa taga-Roma 4). Nawala na misyon ng Israel (ang iglesiya ngayon ay ang kaharian ng mga saserdote, cf. 1:6; II Pedro 2:5,9), na ginawa ang kautusan sa isang pribilehiyo, paglilingkod sa isang natatanging katatayuan! Pinili ng Diyos ang isa upang piliin ang lahat!

**PANGATLONG PAG-IGTING** (may pasubaling mga kasunduan laban sa walang pasubaling mga kasunduan)

Mayroong isang teolohikong pag-igting o kabalintunaan sa pagitan ng may pasubali at walang pasubaling mga kasunduan. Ito ay walang alinlangan tunay ang ang layunin/planong pangkatubusan ng Diyos ay walang pasubali (cf. Genesis 15:12-21). Gayunman, ang inutos na pagtugon ng tao ay palaging may pasubali!

Ang "kung. . .samakatuwid" na huwaran ay kapwa nakikita sa OT at NT. Ang Diyos ay matapat; sangkatauhan ay hindi matapat. Ang pag-igting na ito ay nagbunga ng lubusang pagkalito. Ang mga nagpapaliwanag ay kumiling na tumuon sa tanging isang "panig ng mahirap na kalagayan," pagkamatapat ng ng Diyos o pagpupunyagi ng tao, kapangyarihan ng Diyos o malayang pagpili ng sangkatauhan. Kapwa ay biblikal at kinakailangan. Tingnan ang Natatanging Paksa: Eleksyon/Predestinasyon and ang Pangangailangan sa Teolohikong Pagtitimbang.

Ito ay nauugnay sa eskatolohiya, sa mga pangako sa OT ng Diyos sa Israel. Kung ang Diyos nangako nito, maisasakatuparan ito! Diyos ay nakabigkis sa Kanyang mga pangako; ang Kanyang dangal ay nakapaloob (cf. Ezekiel 36:22-38). Ang walang pasubali at may pasubaling mga kasunduan ay nagtatagpo kay Kristo (cf. Isaias 53), hindi sa Israel! Ang kapuspusang katapatan ay maihahayag sa katubusan ng lahat na magsisi at mananampalataya, hindi kung sino ang iyong ama/ina! Si Kristo, hindi ang Israel, ang susi sa lahat ng mga kasunduan at mga pangako ng Diyos. Kung mayroong isang teolohikong panaklong sa Bibliya, ito ay hindi ang Iglesiya, kundi ang Israel (cf. Mga Gawa 7 at taga-Galacia 3).

Ang ang pangmundong misyon ng paghahayag ng ebanghelyo ay ibinigay sa Iglesiya (cf. Mateo 28:19-20; Lucas 24:47; Mga Gawa 1:8). Ito pa rin ay may pasubaling kasunduan! Hindi nito impinapahiwatig na ang Diyos ay lubusang itinanggi ang mga Hudyo (cf. taga-Roma 9-11). Maaaring may isang lugar at layunin para sa huling-panahon, <u>nananampalatayang</u> Israel (cf. Zacarias 12:10).

**PANG-APAT NA PAG-IGTING** (Mga huwarang pampanitika ng Near East laban sa mga huwaran ng kanluran).

Ang dyanra ay isang mahalang sangkap sa tamang pagpapaliwanag ng Bibliya. Ang Iglesiya ay lumago sa isang kanlurang (Griyego) pangkulturang kaganapan. Ang pang-silangang panitikan ay may naglalarawan, matalinghagan, at simboliko kaysa sa makabago, pangkanlurang kultura ng mga huwarang pampanitikan (tingnan ang Natatanging Paksa: Silangang Panitikan (mga biblikal na kabalintunaan). Ito ay tumutuon sa bayan, mga pagtatagpo, at pangyayari na higit kaysa maikli ngunit malinaw na panukalang mga katotohanan. Mga Kristiyano ay may kasalanan sa paggamit ng kanilang kasaysayan at mga huwarang pampanitikan upang ipaliwanag ang biblikal na propesiya (kapwa sa OT at NT). Bawat salin-lahi at geoprapikong pagkakilanlan ay ginagamit ang kanyang kultura, kasaysayan, at pagiging literal upang ipaliwanag ang kapahayagan. Ang bawat isa sa kanila ay may kamalian! Ito ay kayabangan na isipin na ang makabagong kaluraning kultura ay ang pinagtuunan ng biblikal na propesiya!

Ang dyanra kung saan ang orihinal, kinasihang may-akda na piniling magsulat ay isang pampanitikang kasunduan sa mambabasa. Ang aklat ng Pahayag ay hindi pang-kasaysayan salaysayin. Ito ay isang pagsasama ng titik (mga kabanata 1-3), propesiya, at karamihang apokaliptikong panitikan. Ito ay maling magsalita ang Bibliya na higit sa nilalayon ng

ang orihinal na may-akda gaya ng maling masalita ito na kulang sa nilalayon! Ang pagmamataas at dogmatismo ng tagapagpaliwanag ay lalong di nararapat sa aklat na tulad ng Pahayag.

Ang Iglesiya ay hindi kailanman nagkasundo sa isang ganap na pagpapaliwanag ng Pahayag. Ang aking pagpapatungkol ay marinig at maiugnay ang buong Bibliya, hindi ang ilang mga piling bahagi bahagi. Ang maka-silangang kaisipan ng Bibliya ay nagpapakilala ng tambalang puno ng pag-igting. Ang ating maka-kanluran na pagkahilig sa isang pinanukalang katotohanan ay hindi walang kabuluhan, ngunit walang pagtimbang (balanse)! Sa aking palagay, ito ay maaaring tanggalin ang ilan sa di-pagkakasundo sa pagpapaliwanag ng Pahayag sa pagtala ng kanyang nagbabagong layunin sa sinundang mga salin-lahi ng mga mananampalataya. Ito ay maliwanag sa karamihan sa mga tagapagpaliwanag na ang Pahayag kailangang ipaliwanag sa liwanag ng kanyang sariling panahon at kanyang dyanra. Ang isang pang-kasaysayan paglapit sa Pahayag kailangang iugnay sa kung ano ang mayroon sa mga sinaunang mga mambabasa, at ay maaaring naunawaan. Sa maraming mga paraan, ang makabagong tagapagpaliwanag, ang maraming mga sagisag (simbolo) ng aklat ay nawala na ang kahulugan. Ang paunang pangunahing layunin ay palakasin ang mga inuusig na mananampalataya. Ipinapakita nisa kapangyarihan ng Diyos sa kasaysayan (tulad ng mga OT propeta); pinagtitibay nito na ang kasaysayan ay kumikilos sa isang itinakdang katapusan, kahatulan o pagpapala (tulad ng mga OT propeta). Ito ay nagpapatibay sa unang-siglong pang-Hudyong apokaliptikong mga salita ng pag-ibig, presesiya, pamamahala, at kapangyariha ng Diyos!

Ito ay gumaganap sa mga katulad na teolohikong paraan sa bawat salin-lahi ng mga mananampalataya. Ito ay naglalarawan ang pangmundong tunggalian ng mabuti at masama. Ang mga unang siglong detalye ay maaaring nawala na sa kanila, hindi ang makapangyarihan, mapag-aliw na mga katotohanan. Kapag ang makabago, kaluraning tagapagpaliwanag ang sumubok na ipilit ang mga detalye ng Pahayag sa kanilang makabagong kasaysayan, ang huwaran ng mga bulaan pagpapaliwanag ay nagpapatuloy!

Ito ay maaari na ang mga detalye ng ang aklat ay maaaring kapansin-pansing literal muli (tulad ng kaugnayan OT sa kapanganakan, buhay, at kamatayan ni Kristo) para sa ang huling salin-lahi ng mga mananampalataya sa kanilang pagharap sa mabangis na paglusod ng isang lider at kultura na laban sa Diyos (cf. II taga-Tesalonica 2). Walang sinuman ang maaaring makaalam ng mga literal na katuparan ng Pahayag hanggang sa mga salita ni Hesus (cf. Mateo 24; Marcos.13; at Lucas 21) at Pablo (cf. I taga-Corinto 15; I taga-Tesalonica 4-5; at II taga-Tesalonica 2) na naging pagkasaysayang pangyayari. Ang haka-haka, pagpapalagay, at dogmatismo ay hindi lahat nararapat. Ang apokaliptikong panitikan ay nagpapahintulot ng ganitong kalayaan. Salamat sa Diyos para sa mga larawan at mga sagisag na nakakahigit sa pang-kasaysayan salaysayin! Ang Diyos ang namamahala; Siya ang maghahari; Siya ang darating!

Karamihan sa makabagong kometaryo ay iniiwan ang punto ng dyanra! Ang mga makabagong kaluraning tagapagpaliwana ay kadalasang naghahanap ng isang malinaw, lohikong sistema ng teolohiya kaysa sa maging patas sa isang di-maliwanag, simboliko, madulang dyanra ng pang-Hudyong apokaliptikong panitikan. Ang katotohanang ito ay mahusay na maipapahayag ni Ralph P. Martin sa kanyang artikulo, "Approaches to New Testament Exegesis," sa aklat na *New Testament Interpretation*, edited ni I. Howard Marshall:

> "Maliban na makilala natin ang madulang katangian ng sulat na ito at maalala ang paraan na ginamit ang wika bilang isang kasangkapan upang ipahayag ang pang-relihiyong katotohanan, tayo madalamhating magkakamali sa ating kaalaman ng Apocalypse, at maling subukan na ipaliwanag ang kanyang mga pangitain na parang ito ay isang aklat ng literal na tuluyan at maukol sa larawang pangyayari sa pagmamasid at may petsang kasaysayan. Ang tangkaing pairalin ang kinalaunang pagtahak ay ang pagtakbo sa lahat ng mga suliranin ng pagpapaliwanag. Sa mas malalim ito ay magbubunga ng isang pagkasira ng kahulugan ng apokaliptiko at samakatuwid ay nawawala ang dakilang kahalagahan ng bahaging ito ng Bagong Tipan bilang isang madulang pagbibigay diin sa pantulang wika ng kapangyariha ng Diyos kay Kristo at ang kabalintunaan ng kanyang pamumuno na nahahaluan ng giting at pag-ibig (cf. 5:5,6; ang Leon ay ang Tupa)" (p. 235).

W. Randolph Tate sa kanyang aklat na *The Biblical Interpretations* ay nagsabing:

> "Walang ibang dyanra ng Bibliya ma maalab mabasin na may ganitong mapighating bunga bilang pahayag, tulad ng mga aklat ng Daniel at Pahayag. Ang dyanrang ito ay nagdurusa mula sa mapangwasak na kasaysayan ng maling pagpapaliwanag dahil sa isang pangunahing di-pagkakaunawa sa kanyang pampanitikang mga anyo, kayarian, at layunin. Dahil sa kanyang pag-aangkin na maihayag kung ano ang malapit nang mangyayari, ang pahayag ay tinitingnan bilang isang gabay sa daan at isang plano sa hinaharap. Ang kalunos-lunos na kamalian sa pananaw na ito ay ang pagpapalagay na ang sangunian ng balangkas ng mga aklat ay ang kasalukuyang panahon ng mga mambabasa kaysa sa may-akda. Ang hindi tamang pagsapit sa pahayag (lalo na ang Pahayag) ay tinitingnan ang gawa gaya ng isang cryptogram kung saan ang makabagong pangyayari ay maaaring gamiting upang ipaliwanag ang sagisag ng teksto. . .Una, ang tagapagpaliwanag ay kailangang makilala na ang apokaliptiko ay nagpapahayag ng kanyang mga mensahe sa pamamagitan ng simbolismo. Ang ipaliwanag ang isang sagisag sa literal kung ito ay matalinghaga ay tiyak na maling pagpapaliwanag. Ang isyu ay hindi kung ang pangyayari sa apokaliptikon ay pang-kasaysayan. Ang pangyayari ay maaaring pang-kasaysayan; sila ay maaaring totoong nangyari, o maaaring mangyari, ngunit ang may-akda ay ipinahayag ang pangyayari at isinulat ang kahulugan sa pamamagitan

ng mga larawan at mga orihinal" (p. 137).

Mula sa *Dictionary of Biblical Imagery*, na pinatnugot nina Ryken, Wilhost at Longman III:

> "Ang mga kasalukuyang mambabasa ay kadalasang nalilito at binibigo ng ganitong dyanra. Ang di-inaasahang paglalarawan at wala-sa-mundong-ito na mga karanasan ay tila kakaiba at nasa labas ng karamihan sa Banal na Kasulatan. Ang pagkuha sa panitikang ito sa kanyang ito sa kanyang natural na halaga ay mag-iiwan sa maraming mga mambabasa pag-aagawan na malaman kung 'kung anong nagyari noon,' samakatuwid ay naiwala ang naisin ng apokaliptikong mensahe" (p. 35).

**PANLIMANG PAG-IGTING** (ang Kaharian ng Diyos bilang kasalukuyan ngunit sa hinaharap)

Ang kaharian ng Diyos ay kasalukuyan, ngunit sa hinaharap. Ang ganitong teolohikong kabalintunaan ay naging pagtuon sa punto ng eskatolohiya. Kung ang isa ay umaasa ng isang literal na katuparan ng lahat ng mga propesiya sa OT para sa Israel, samakatuwid ang Kaharian ay naging karamihan ay ang pagpapanumbalik ng Israel sa isang heograpikong lugar at isang teolohikong kataasan! Kinakailangan nito na Iglesiya ay lihim na aagawin sa kabanata 5 at ang natitirang mga kabanata ay maiuugnay sa Israel (ngunit pansinin ang Pahayag 22:16).

Gayunman, kung ang pagtuon ay sa kaharian bilang pinagpasinaya sa pamamagitan ng ipinangakong OT Mesias, samakatuwid ito ay kasama ni Kristo sa unag pagparito, at ngayon, ang pagtuon ay naging ang pagkakatawang-tao, buhay, mga katuruan, kamatayan, at muling pagkabuhay ni Kristo. Ang teolohikong pagbibigay-diin ay sa isang kasalukuyang kaligtasan. Ang kaharian ay dumating, ang OT ay natupad sa pag-aalay ni Kristo ng kaligtasan sa lahat, hindi ang Kanyang pang-milenyong paghahari sa ilan!

Ito ay walang alinlangan katotohana na ang ang Bibliya ay nagsasabi ng kapwa mga pagparito ni Kristo, ngunit nasaan ilalagay ang pagbibigay-diin? Ito, para sa akin, ay tila ang pagtuon ng karamihan sa mga propesiya sa OT sa ang una pagparito, ang pagtatag ng kaharian ng Mesias (cf. Daniel 2). Sa maraming mga paraan ito ay kahalintulad sa walang-hanggang pamumuno ng Diyos (cf. Daniel 7). Sa OT ang pagtuon ay sa walang-hanggang pamumuno ng Diyos, ngunit ang kaparaanan para sa pagpapakita ng pamumuno ay ang gawain ng Mesias (cf. I taga-Corinto 15:26-27). Ito ay hindi isang tanong na kung ano ang totoo; kapwa ay totoo, ngunit saan ang pagbibigay-diin? Ito kailangang sabihin na ang ilang mga tagapagpaliwanag ay naging lubhang nakatuon sa pang-milenyong pamumuno ng Mesias (cf. Pahayag 20) na kanilang naiwala ang biblikal pagtuon on ang walang-hanggang pamumuno ng Ama. Ang pamumuno ni Kristo ay isang panimulang pangyayari. Tulad ng ang dalawang pagdating ni Kristo ay hindi maliwanag sa OT, gayundin ang isang pansamantalang pamumuno ng Mesias!

Ang susi sa pagpapahayag at pagtuturo ni Hesus ay ang kaharian ng Diyos. Ito ay kapwa pangkasalukuyan (sa kaligtasan at paglilingkod), at panghinaharap (sa paglaganap at kapangyarihan). Ang Pahayag, kung ito ay tumutuon sa isang maka-Mesyas na pang-milenyong pamumuno (cf. Pahayag 20), ay panimula, hindi pangwakas (cf. Pahayag 21-22). Ito ay hindi maliwanag mula ang OT na ang isang pansamantalang pamumuno ay kinakailangan; gaya ng katunayan ng paksa, ang pang-Mesyas pamumuno ng Daniel 7 ay walang-hanggang, hindi pang-milenyo.

**PANG-ANIM NA PAG-IGTING** (ang nalalapit pagbabalik ni Kristo laban sa ipinagpalibang *Parousia*)

Karamihan sa mga mananampalataya ay naturuan na si Hesus ay malapit nang dumating, biglaan, at di-inaasahan (cf. Mateo 10:23; 24:27,34,44; Marcos 9:1; 13:30; Pahayag 1:1,3; 2:16; 3:11; 22:7,10,12,20; tingnan ang Natatanging Paksa: Malapit na Pagbabalik). Ngunit ang bawat umaasang salin-lahi ng mga mananampalataya sa ngayon ay nagkamali! Ang malapit (kamadalian) na pagbabalik ni Hesus ay isang makapangyarihang ipinangakong pag-asa sa bawat salin-lahi, ngunit isang katotohanan sa tanging isa (at ang isang ito ay ang inusig na isa). Ang mga mananampalataya ay kailangang mabuhay na parang Siya ay darating na bukas, ngunit magplano at ipatupad ang Dakilang Komisyon (cf. Mateo 28:19-20) kung Siya ay magtatagal pa.

Ang ilang mga talata sa Mga Ebanghelyo (cf. Marcos 13:10; Lucas 17:2; 18:8) at I at II Thesalonica ay nakabatay isang ipinagpalibang Pangalawang Pagdating (*Parousia*). Maryoong ilang pang-kasaysayan pangyayari na kailangang munag mangyari:

1. Ang paglaganap ng ebanghelyo sa buong mundo (cf. Mateo 24:14; Marcos 13:10)
2. ang kapahayagan ng "ang tao ng Kasalanan" (cf. Mateo 24:15; II taga-Tesalonica 2; Pahayag 13)
3. ang dakilang pag-uusig (cf. Mateo 24:21,24; Pahayag 13)

Mayroong isang maka-layunin na kalabuan (cf. Mateo 24:42-51; Marcos 13:32-36)! Mamuhay araw-araw na parang sa iyong huling araw ngunit magplano at magsanay para sa hinaharap na gawain!

**HINDI PAGBAGO-BAGO AT PAGTITIMBANG**

Ito ay kailangang sabihin na ang iba't-ibang mga paaralan ng makabagong eskatolohikong pagpapaliwanag, lahat ay naglalaman ng kalahating mga katotohanan. Kanilang ipinapaliwanag at mahusay na binibigyang-kahulugan ang ilang mga teksto. Ang suliranin ay makikita sa hindi pagbago-bago at pagtitimbang. Kadalasang mayroong isang pangkat ng mga pagpapalagay na ginagamit sa biblikal na teksto upang punuan ang itinakdang teolohikong balangkas. Ang Bibliya ay hindi naghahayag ng isang lohiko, sunod-sunod, sistematikong eskatolohiya. Ito ay tulad ng isang album na pampamilya. Ang mga larawan ay totoo, ngunit hindi palaging nasa ayas, sa konteksto, sa isang lohikong pagkakasunod-sunod. Ang ilang mga larawan ay natanggal sa album at ang mga sumunod na salin-lahi ng mga myembro ng pamilya ay hindi nalalamang may katiyakan kung paano sila maibabalik. Ang susi sa wastong pagpapaliwanag ng Pahayag ay ang layunin ng orihinal na may-akda na inihahayag sa kaniyang pagpili ng pampanitikang genre. Karamihan sa nagpapaliwanag ay sinusubukang dalhin ang kanilang mga kasangkapan at mga pamamarang exegetical mula sa ibang

mga genre ng NT sa kanilang mga pagpapaliwanag ng Pahayag. Sila ay nakatuon sa OT sa halip na sundin ang mga katuruan nina Hesus at Pablo na nagtatakda ng teolohikong kayarian at hayaang ang Pahayag ang kumilos bilang naglalarawan.

Kailangan kong aminin na aking pamamaraan sa komentaryong ito ng Pahayag ay may ilang takot at pangamba, hindi dahil sa sumpa ng Pahayag 22:18-19, ngunit dahil sa antas ng pagtatalo sa pagpapaliwanag sa aklat na ito ay magdudulot at nagpapatuloy na magdulot sa mga tao ng Diyos. Iniibig ko ang kapahayagan ng Diyos. Ito ay tunay habang ang lahat ng tao ay mga sinungaling (cf. taga-Roma 3:4)! Gamitin ang komentaryong ito bilang isang pagtatangka na maging pamukaw-isap at hindi pangkahulugan lamang, bilang isang posteng pananda at hindi isang mapa ng mga daan, bilang isang "ano kung," hindi isang "ito ang sinasabi ng Panginoon." Ako ay dumating sa pagharap ng aking sariling mga kakulangan, mga pagkiling, at teolohikong agenda. Nakita ko na rin ang sa ibang mga taga-pagbigay kahulugan. Ito ay halos tila nakikita ng tao sa Pahayag kung ano ang inaasahan nilang makita. Ang genre ay dinadala siya sa pag-abuso! Gayunman, ito ay nasa Bibliya para sa isang layunin. Ang kinalalagyan nito bilang pangwakas na "salita" ay hindi isang aksidente. Ito ay may isang mensahe mula sa Diyos sa Kaniyang mga anak ng bawat at bawat saling-lahi. Ninanais ng Diyos na tayo ay makaunawa! Tayo ay magkaisa, hind para magkaniya-kaniya; tayo ay manindigan sa kaung ano ang malinaw at sentro, hindi lahat ng maaari maging, pwede maging, ay maaaring maging totoo. Tulungan tayo ng Diyos sa lahat ng ito!

## NATATANGING PAKSA: APOKALIPTIKONG PANITIKAN (APOCALYPTIC LITERATURE)

(Ang natatanging paksang ito ay kinuha mula sa aking komentaryo sa Pahayag.)

Ang Pahayag ay isang natatanging Hudyong pampanitikan dyanra, isang apokaliptiko. Ito ay madalas na ginamit sa puno ng tensyon na panahon (i.e., ang Israel ay dominado ng Hentil na mga kapangyarihan) upang iphayag ang kombiksyon na ang Diyos ay may kontrol sa kasaysayan at magdadala pagpapalaya sa Kayang bayan. Ang tipong ito ng panitikan ay kinakikitaan ng

1. isang malakas na pakahulugan ng unibersal na soberinidad ng Diyos (monoteismo at determinismo)
2. isang labanan sa pagitan ng mabuti at masama, ang masamang panahon na ito at ang panahon ng katuwiran na darating (dualismo)
3. ang paggamit sa sekretong kodigong mga salita (madalas mula sa OT o intertestamental na Hudyong apokaliptikong panitikan)
4. ang paggamit sa mga kulay, mga hayop, at minsan mga hayop/mga tao
5. ang paggamit sa malaanghel na pamamagitan sa paraan ng mga pangitain at mga panaginip, ngunit madalas sa pamamagitan ng malaanghel na pagpapaliwanag
6. unang-una na nagpopokus sa dagliang-pagparito, klikmatikong mga pangyayari ng pangwakas na panahon (bagong panahon )
7. paggamit sa isang nakatakdang pangkat ng mga simbolo, hindi realidad, upang ipagbigay alam at pangwakas na panahon na mensahe mula sa Diyos
8. Ilang mga halimbawa ng tipong dyanrang ito ay mga:
   a. Lumang Tipan
      (1) Isaias 13-14; 24-27; 56-66
      (2) Ezekiel 1; 26-28; 33-48
      (3) Daniel 7-12
      (4) Joel 2:28-3:21
      (5) Zacarias 1-6, 12-14
   b. Bagong Taon
      (1) Mateo 24, Marcos 13, Lucas 21, at I taga-Corinto 15 (sa ilang mga paraan)
      (2) II taga-Thesalonica 2 (sa maraming mga paraan)
      (3) Pahayag (mga kabanata 4-22)
   c. hindi kanoniko (kinuha mula sa D. S. Russell, *The Method and Message of Jewish Apocalyptic*, pp. 37-38)
      (1) I Enoch, II Enoch (ang Secrets of Enoch)
      (2) Ang Aklat ng Jubilees
      (3) Ang Sibylline Oracles III, IV, V
      (4) AngTestamento ng Labindalawang mga Patriyarka
      (5) Ang Awit ni Solomon
      (6) Ang Pagpapalagay ni Moises
      (7) Ang Pagkamartir ni Isaias
      (8) Ang Apokalipso ni Moises (Buhay nina Adan at Eba)
      (9) Ang Apokalipso ni Abraham

(10) Ang Testamento ni Abraham
(11) II Esdras (IV Esdras)
(12) II & III Baruch

9. Mayroong pakiramdam ng dualidad sa dyanrang ito. Nakikita nito ang realidad bilang isang serye ng mga dulaismo, salungatan, o mga tensyon (na napakakaraniwan sa mga kasulatan ni Juan) sa pagitan ng:
   a. langit - lupa
   b. masamang panahon (masamang mga tao at masamang mga anghel) – bagong panahon ng katuwiran (makadiyos na mga tao at makadiyos na mga anghel)
   c. kasalukuyang pag-iiral – panghinaharap na pag-iiral

Lahat ng mga ito ay gumagalaw tungo sa isang kaganapan na dinala ng Diyos. Hindi ito ang mundo na ninais ng Diyos na maging ito, ngunit Siya ay nagpatuloy sa pagplano, paggawa, at itinuon ang Kanyang kalooban para sa isang restorasyon ng matalik na pakikisama na nagmula sa Hardin ng Eden. Ang Kristyanong pangyayari ay ang pinagmumulan ng plano ng Diyos, ngunit ang dalawang mga pagdating na ito ay nagdala ng kasalukuyang mga dualismo.

**MAAARING BALANGKAS NA KAUGNAY SA MGA TANONG NG MGA ALAGAD** (hango mula kay F. F. Bruce, *Answers to Questions*, p. 57)

A. Mga babala laban sa pangliligaw (13:5-8)
B. Mga hula ng pag-uusig (13:9-13)
C. Ang pagkawasak ng Herusalem (13:14-23)
D. Ang pagbabalik ni Kristo (13:24-27)
E. Mga pagpapayo na maging mapagmatyag sa kanilang pangkasalukuyang kalagayan na magduduloy sa pagkawasak ng Herusalem (13:28-31, i.e., salin-lahi v. 34)
F. Mga pagpapayo na maging mapagmatyag para sa pagbabalik ng Panginoon (13:32-37; i.e., walang nakakaalam ngunit ang Ama v. 36)
G. Ginawa ni F. F. Bruce na kaagay ang Marcos 13 sa unang animna tanda ng Pahayag 6 (cf. p. 57 at 138)

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 13:1-2

**[1]At paglabas niya sa templo, ay sinabi sa kaniya ng isa sa kaniyang mga alagad, Guro, masdan mo, pagkaiinam ng mga bato, at pagkaiinam na mga gusali! [2]At sinabi ni Hesus sa kaniya, Nakikita mo baga ang malalaking gusaling ito? walang matitira ditong isang bato sa ibabaw ng kapuwa bato na di ibabagsak.**

**13:1 "ang templo"** Ito ay ang salita (*hieron*) para sa buong lugar ng templo. Si Hesus ay nagtuturo na simula sa mga pangyayari ng Marcos 11 (cf. Mateo 26:55). Ang mga gusali ay naging ang dakilang pag-asa ng mga Hudyo, isang simbolo ng natatanging pag-ibig ng Diyos para sa Israel (cf. Jeremias 7; Juan 8:31-59).

▣ **"isa sa Kaniyang mga alagad"** Iyon ay maaaring si Pedro (cf. v. 3). Maaaring binigay sa atin ni Juan Marcos ang mga ni Pedro sa mga salita ni Hesus. Ito ang pinakamahabang pagpupulong katuruan sa ebanghelyo ni Marcos.

▣ **"'pagkaiinam ng mga bato'"** Ito sa literal ay "mga malalaking bato." Sinasabin sa atin ni Josephus na si Herodes ang Dakilang ay gumamit na malalaking makinis na batong-apog o *mezzeh* na katutubo sa lugar na ito. Sila ay 25 x 8 x 12 na kubit (cf. *Antiquities* 15.11.3). Ang mga bato na magkakahugis at magkakatulad ay makikita pa rin sa pader ng pananangis ng Herusalem.

▣ **"'pagkaiinam na mga gusali'"** Ito sa literal ay "mga malalaking gusali." Sila ay puting makikinis na batong apog na may ginintuang gayak. Ang malalaki at magastos na proyektong gusali ay naghahangad na suyuin ang mga Hudyo na nababalisa sa isang Idumeanong hari. Ang pagbabagong ito at pagpapalawak ay ay nagsimula noong 20/19 B.C. at natapos noong A.D. 63/64 (cf. Josephus, *Antiquities* 15.11.1-7; *Wars* 5.5.1-6).

**13:2 "'walang matitira sa ibabaw ng kapuwa bato'"** Ang pariralang ito ay may dalawang DALAWAHANG MGA SALUNGAT na may PASAKALI PANAGANO. Walang mas malakas na gramatikong pagsalungat ang maaari sa Griyegong wika! Ito ay nagsasaad ng lubusang pagkawasak. Ito ay nakapagpasira na kanilang kaloob! Sinasabi sa atin ni Joseph na noong A.D. 70 ang taga-Roma ay winasak nang lubhang lubusang na ang isa ay makakapag-araro sa bukid (cf. Mikas 3:12; Jeremias 26:18).

Mayroong ilang kaibahan sa Griyegong kasulatan na nauugnay sa pariralang ito. Ang isa ay sumusunod sa pagkakatitik ng Mateo 24:2 na matatagpuan sa mga sinaunang Griyegong ansialong kasulatan א, B, L, at W. Ang pangalawa ay sumusunod sa mga salit ng Lucas 21:6 na matatagpuan sa MS A at ang Vulgata. Ang UBS[4] ay sumusunod sa

Mateo 24:2, na nagdaragdag ng PANG-ABAY na "dito" o "sa lugar na ito."

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 13:3-8**

**3 At samantalang siya ay nakaupo sa bundok ng mga Olivo sa tapat ng templo, ay tinanong siya ng lihim nina Pedro at Santiago at nina Juan at Andres, 4 Sabihin mo sa amin, kailan mangyayari ang mga bagay na ito? at ano ang magiging tanda pagka malapit ng maganap ang lahat ng mga bagay na ito? 5 At si Hesus ay nagpasimulang magsabi sa kanila, Mangagingat kayo na huwag kayong paligaw kanino mang tao. 6 Maraming paririto sa aking pangalan, na magsisipagsabi, Ako ay *Siya*; at maliligaw ang marami. 7 At kung mangakarinig kayo ng mga digma at ng mga alingawngaw ng mga digma, ay huwag kayong mangagulumihanan: ang mga bagay na ito'y dapat na mangyari: datapuwat hindi pa ang wakas. 8 Sapagkat magtitindig ang bansa laban sa bansa, at ang kaharian laban sa kaharian; at lilindol sa iba't ibang dako; magkakagutom: ang mga bagay na ito'y pasimula ng kahirapan.**

**13:3 "nakaupo sa bundok ng mga Olivo"** Ito ang 2.5 milyang gulod sa silagan ay makikita (i.e., halos 300-400 talampakang mas mataas) Herusalem at ang lugar ng templo.

▣ **"nina Pedro at Santiago at nina Juan at Andres"** Tanging ang ebanghelyo ni Marcos ang nagbabanggit ng ganitong detalye. Ito ay maaaring isa sa mga alaala ng patotoo ni Pedro.

**13:4 "'kailan mangyayari ang mga bagay na ito? at ano ang magiging tanda pagka malapit ng maganap ang lahat ng mga bagay na ito'"** Tinala ng Mateo 24:3 ang pinahabang tanong. Mayroong maraming pangyayari na ninanais ng mga alagad na malaman tungkol sa: (1) panahon ng pagkawasak ng templo; (2) ang panahon ng Ikalawang Pagdating; at (3) ang panahon ng wakas ng panahon. Ang mga alagad maaaring iniisip na ang lahat ng tatlo ay maaaring mangyari sa isang panahon. Pansining pinagsama ni Hesus ang pansamantala at ang eskatolohiko, tulad ng ginawa ng mga propeta sa OT.

**NATATANGING PAKSA: MGA SAGOT SA DALAWANG TANONG NG MGA ALAGAD SA MATEO 24:3 (THE TWO QUESTIONS ANSWERED)**

(ni F. F. Bruce sa *Answers to Questions*, p 57).

A. Isang babala laban sa pangliligaw, ng mga bulaang propeta o mga malalaking sakuna, sa kaisipan na ito na ang wakas
   1. Mateo 24:4-8
   2. Marcos 13:5-8
   3. Lucas 21:8-11
B. Isang hula ng pag-uusig at pangako ng pagtulong
   1. Mateo 24:9-14
   2. Marcos 13:9-13
   3. Lucas 21:12-19
C. Isang tugon sa unang tanong, kaugnay sa pagkawasak ng Herusalem at ang pagkalat ng nakatira dito
   1. Mateo 24:15-28
   2. Marcos 13:14-23
   3. Lucas 21:20-24
D. Isang tugon sa pangalawang tanong, na naglalarawan sa pagdating ni Kristo
   1. Mateo 24:29-31
   2. Marcos 13:24-27
   3. Lucas 21:20-24
E. Isang pagpapayo na maging mapagmatyag sa mga kaganapang magdudulot ng pagbagsak ng Herusalem
   1. Mateo 24:32-35
   2. Marcos 13:28-31
   3. Lucas 21:29-33
F. Isang pagpapayo na maging mapagmatyag sa pagdating ni Kristo
   1. Mateo 24:36-44
   2. Marcos 13:32-37
   3. Lucas 21:34-36

**13:5-13 "'Mangagingat kayo na huwag kayong paligaw kanino mang tao'"** "Tingnan" ay isang

PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS. Inuutos sa kanila ni Hesus na palagiang nakahanda. Sa ilang paraan ang mga Hudyong tradisyon tungkol sa ang Mesias ay mayroong pagkiling sa kanila. Ang mga talatang ito ay binanggit ang bulaang mga tanda o mga paunang tanda na makikita sa bawat panahon. Ang kapahayagang ito ay kadalasang inuulit (cf. vv. 5,9,23,33). Maraming magtatangkang maglinlang sa kanila sa mga isyung ito.

Bawat salin-lahi ng mga Kristiyano ay sinusubukang pilitin nito sa pangkasalukuyang kasaysayan ang biblikal na propesiya. Sa kasalukuyan, silang lahat ay mali! Bahagi ng suliranin ay mga mananampalataya ay namumuhay sa isang anumang-sandaling pag-asa sa Ikalawang Pagdating, ngunit ang mga propesiya ay isinulat lahat para sa isang huling-panahong salin-lahi ng mga inuusig na tagasunod. Magalak na hindi ninyo alam!

**13:6 "'Maraming paririto sa aking pangalan'"** Ito ay tumutukoy sa bulaang mga Mesias (cf. Mateo 24:11,23-24). Ito ay isang sanggunian sa *Wars of the Jews* ni Josephus na nagpapahayag na winasak ng mga taga-Roma ang Herusalem dahil sa panatisismo ng mga bulaang propeta, na namuna sa mga tao sa mga bulaang pangako ng pamamagitan ni YHWH sa pagliligtas ng Herusalem batay sa mga propesiya ni Isaias (i.e., Isaias 37), ngunit tiyak na hindi pagbabanggit ng mga inulit na mga hula ni Jeremias sa pagbagsak ng walang pananampalatayang Herusalem.

▣ **"'na magsisipagsabi "Ako ay *Siya*""** Ito sa literal ay "Ako nga." Ito ay isang pang-Mesias na pagtatanda gamit ang titulo ng Pangkasunduang Diyos ng OT, si YHWH, mula sa Hebreong PANDIWA "maging" (cf. Exodo 3:12,14; Juan 4:26; 8:24,58; 13:19; 18:5). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 12:36.

▣ **"'at maliligaw ang marami'"** Ang mga uring ito ng mga babala at termino ay karaniwan sa apokaliptikong panitikan. Ito ay nagpapakita ang mapaghimok na kapangyarihan ng bulaang mga Mesias at ang espiritwal na *vacuum* ng nalugmok na sangkatauhan (cf. Mateo 24:11,23-26). Iyon din ay nagpapakita ng kawalang-malay ng bagong mga mananampalataya at/o mga karnal na Kristiyano (cf. I taga-Corinto 3:1-3; Hebreo 5:11-14).

**13:7 "'huwag kayong mangagulumihanan'"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PAUTOS na may SALUNGAT NA KATAGA, na kadalasan ay nangangahulugang ihinto ang isang pagkilos sa pagpapatuloy.

▣ **"'*ang mga bagay na ito* ay dapat mangyari; datapuwat hindi pa ang wakas'"** Mga digmaan at mga lindol ay hindi mga tanda ng wakas, ngunit mga pauna/ mga tanda na nararasan sa bawat panahon (cf. vv. 8,10; Mateo 24:6-8). Ang mmga marahas na natural na pangyayari ay hindi mga tanda ng ang Ikalawang Pagdating, ngunit ng buhay sa isang nalugmok na mundo (cf. Juan L. Bray, *Mateo 24 Fulfilled*, pp. 25,28, na isang mabuting pagpapakilala ng *Preterist* na Pagpapaliwanag).

**13:8 "'magkakagutom'"** Ang ilang mga Griyegong kasulatan ay dinadagdag ang pariralang "at mga kapighatian" (cf. MSS A, W, at NKJV). Mayroong maraming ibang kaibahan, ngunit ang karamihan ng saling Ingles ay may "at pagkagutom," na matatagpuan sa Mateo 24:7 at MSS א, B, at L (at MS D sa isang bahagyang magkaibang anyo). Ang kaagapay sa Lucas 21:11 ay may maraming ibang bagay na nakatala. Ang UBS[4] ay binibigyan ang mas maiksing pagbasa ng isang "B" na antas (halos tiyak).

▣ **"'pasimula ng kahirapan'"** Ang buong wikain ay "paghihirap sa kapanganakan" ng bagong panahon (cf. Isaias 13:8; 26:17; Jeremias 30:6-7; Mikas 4:9-10; Mateo 24:8; Marcos 13:8; Mga Gawa 2:24; I taga-Thesalonica 5:3). Ito ay nagpapakilala ang Hudyong paniniwala sa pagsidhi ng kasamaan na nauna sa bagong panahon ng katuwiran (cf. vv. 19-20 at ang *Book of Jubilees* 23:18 kasama ng *Apocalypse of Baruch* 27-29). Ang mga Hudyo ay naniniwala sa dalawang panahon: ang kasalukuyang masamang panahon, na ipinapakilala ng kasalanan at paghihimagsik laban sa Diyos, at ang "panahong darating." Ang Bagong Panahon ay pasisinayaan sa pamamagitan ng pagdating ng Mesias (cf. Awit 2). Iyon ay magiging isang panahon ng katuwiran at katapatan sa Diyos. Bagaman ang Hudyong pananaw ay bahagyang totoo, hindi nito tinala ang dalawang pagdating ng Mesias. Tayo ay nabubuhay sa pagsasanib ng dalawang panahong ito: ang "nandito na" at "ngunit hindi pa" ng kaharian ng Diyos!

## NATATANGING PAKSA: ANG PANAHONG ITO AT ANG DARATING NA PANAHON (THIS AGE AND THE AGE TO COME)

Ang mga propeta sa OT ay tinitingnan ang hinaharap bilang bilang isang kadugtong ng kasalukuyan. Para sa kanila ang hinaharap ay pagpapanumbalik ng heograpikong Israel. Gayunpaman, kahit nakita nila ito bilang isang bagong araw (cf. Isaias 65:17; 66:22). Na may nagpapatuloy na pananadyang pagtanggi kay YHWH sa pamamagitan ng mga inapo ni Abraham (maging pagkatapos ng pagkakatapon) isang bagong tularan ang nabuo sa pang-Hudyong intertestamental na panitikang apoliptiko (i.e., I Enoch, IV Ezra, II Baruch). Ang mga kasulatang ito ay nagsimulang alamin ang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang panahon: ang kasalukuyang makasalanang panahon na pinangibabawan ni Satanas at ang daarating na panahon ng katuwiran na pinapangibabawan ng Espiritu at pinasinayan ng Mesias (madalas na isang dinamikong mandirigma).

Sa lugar na ito ng teolohiya (eskatolohiya) mayroong kapansin-pansin na pagbabago. Tinatawag ito ng mga teolohiyo na "umuunlad na kapahayagan." Ang NT ang nagpapatibay sa bagong kosmikong katotohanan ng dalawang panahon (i.e., isang pansamantalang dualismo).

| Hesus | Pablo | Hebreo |
|---|---|---|
| Mateo 12:32 | taga-Roma 12:2 | 1:2 |
| Mateo 13:22 & 29 | I taga-Corinto 1:20; 2:6,8; 3:18 | 6:5 |
| Marcos 10:30 | II taga-Corinto 4:4 | 11:3 |
| Lucas 16:8 | taga-Galacia 1:4 | |
| Lucas 18:30 | taga-Efeso 1:21; 2:1,7; 6:12 | |
| Lucas 20:34-35 | I Timoteo 6:17 | |
| | II Timoteo 4:10 | |
| | Tito 2:12 | |

Sa NT na teolohiya ang dalawang pang-Hudyong panahon na ito ay nagsanib sapagkat sa di-inaasahan at di napansing pagtataya ng dalawang pagdating ng Mesias. Ang pagkakatawang tao ni Hesus ay tumupad sa propesiya sa OT ng pagpapasinaya ng bagong panahon (Daniel 2:44-45). Gayunpaman, ang OT ay nakita rin ang Kanyang pagdating bilang isang Hukom at Manlulupig, ngunit Siya ay dumating una bilang Nagtitiis na Tagapaglingkod (cf. Isaias 53; Zacarias 12:10), mapagpakumbaba at mababang-loob (cf. Zacarias 9:9). Siya ay babalik sa kapangyarihan na gaya ng hinuhula ng OT (cf. Pahayag 19). Ang dalawang-yugto ng katuparang ito ay nagdulot sa Kaharian na maging narito (pinasinayaan), ngunit panghinaharap (hindi pa lubusang nararanasan). Ito ay ang pag-igting sa NT na narito na, ngunit hindi pa!

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 13:9-13

**9Datapuwa't mangagingat kayo sa inyong sarili: sapagkat kayo ay ibibigay nila sa mga Sanedrin; at kayo ay hahampasin sa mga sinagoga; at kayo ay magsisitindig sa harap ng mga gobernador at ng mga hari dahil sa akin, na bilang patotoo sa kanila. 10At sa lahat ng mga bansa ay kinakailangan munang maipangaral ang ebanghelyo. 11At pagka kayo ay dinala sa harap ng mga kapulungan, at kayo ay ibigay, ay huwag kayong mangabalisa kung ano ang inyong sasabihin: datapuwat ang ipagkaloob sa inyo sa oras na yaon, ay siya ninyong sabihin; sapagkat hindi kayo ang magsasalita, kundi ang Banal na Espiritu. 12At ibibigay ng kapatid sa kamatayan ang kapatid, at ng ama ang kaniyang anak; at magsisipaghimagsik ang mga anak laban sa mga magulang, at sila ay ipapapatay. 13At kayo ay kapopootan ng lahat ng mga tao dahil sa aking pangalan: datapuwat ang magtitiis hanggang sa wakas, ay siyang maliligtas.**

**13:9-13** Ang sangkap na ito ay hindi kaagapay sa Mateo 24, ngunit makikita sa Mateo 10:17-22. Ito ay nagpapakita na inulit ni Hesus ang katulad na mga katotohanan sa maraming pagkakataon o binalangkas ang mga sankap na ito sa Mateo at Marcos sa mga paksa.

**13:9 "'mangagingat kayo sa inyong sarili'"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS (ang katulad na anyo savv. 5 at 23). Mayroong isang sangkap ng personal na pananagutan na kinapapalooban ng paghahanda para sa pag-uusig sa mga pangyayari sa huling-panahon.

▣ **"'mga Sanedrin…mga sinagoga…sa harap ng mga gobernador at mga hari'"** "Ang mga Sanedrin at mga sinagoga," isang pariralang hindi matatagpuan sa Mateo 24:9, ay nagpapakita ng kapwa pampamahalaan at pang-relihiyong pag-uusig ng mga Kristiyano sa pamamagitan ng kapwa mga Hudyo at mga Hentil (cf. I Pedro 4:12-16).

▣ **"'*ang* mga Sanedrin'"** Ito ay ang PANGMARAMIHANG anyo ng Sanhedrin. Iyon ay tumutukoy sa lokal na mga sinagogang hukuman (cf. II taga-Corinto 11:24).

▣ **"'hahampasin'"** Ito sa literal ay "hinampas" o "binalatan" (cf. II taga-Corinto 11:24). Linalatigo ng mga Hudyo ang mga may-sala nang tatlumpu't-siyam na beses—labingtatlong beses sa harapan at dalawampu't-amin na beses sa likod sang-ayon sa Deuteronomio 25:1-3.

**13:9,12 "'dahil sa akin'"** Ang mga mananampalataya ba ay mapaparusahan, hindi para sa kanilang sariling kasamaan o mga krimeng sibil, ngunit dahil lamang sila ay mga Kristiyano (cf. Mateo 5:10-16; I Pedro 4:12-16)?

**13:10 "'sa lahat ng mga bansa ay kinakailangan munang maipangaral ang ebanghelyo'"** Ang terminong "kailangan" ay ang Griyegong *dei*, na nagpapahiwatig ng pangangailangan. Si Hesus (o Pedro o Marcos, lahat ng kinasihan) ay sinusubukang ipakita sa mga alagad (1) ang kanilang misyong pang-Hentil (cf. Genesis 12:3; I Mga Hari 8:60; Isaias 42:6; 49:6; 51:4; 52:10; 60:1-3; Mateo 24:14; 28:19-20; Mga Gawa 1:8; taga-Roma 11:25-27) at (2) magkakaroon ng isang pinahahabong yugto ng panahon sa pagitan ang pagkawasak ng Herusalem at Ikalawang Pagdating (cf. II taga-Thesalonica 2; II Pedro 2). Kailangan nating tanganan sa pag-iigting ang anumang oras na pagbabalik ng ating Panginoon at ang katotohanan na ilang mga bagay ay kailangan munang mangyari. Mayroong tunay na pag-iigting sa Bagong Tipan patungkol sa panahon ng Ikalawang Pagdating: nalalapit, naantala, o hindi batid.

**13:11** Ang Espiritu ay palaging nasa mga mananampalataya! Ang Espiritu ay palalakasin ang mga mananampalataya sa gitna ng pag-uusig (cf. Mga Gawa 4)! Ang Espiritu ay kadalasang nakikilala kasama ni Hesus gaya ng makikitang kaagapay sa Lucas 21:15. Ang pangakong ito ay hindi pinapalitan ang personal na paghahanda para sa palagiang pangangaral at mga pagkakataon sa pagtuturo; samakatuwid, iyon ay hindi isang pamalit para sa wastong pag-aaral. Ito ay isang natatanging biyaya na nagpapahintulot sa mga mananampalataya na sumaksi sa pananampalataya kay Kristo sa panahon ng pag-uusig (cf. Mateo 10:19-20; Lucas 12:11-12; 21:14-15).

▣ **"sa oras na yaon"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Oras at 14:35.

**13:12 "'kapatid. . .kapatid'"** Ang pamilya ay ang puso ng Hudyong buhay, ngunit ang mga pamily ay mahahati kay Kristo (cf. Mateo 10:21,35-37). Ito rin ay isang inuulit na paksa sa mga apokaliptikong sinulat (cf. *Jubilees* 23:19 at *II Baruch* 70:3).

**13:13 "'datapuwat ang magtitiis hanggang sa wakas, ay siyang maliligtas'"** Ito ay ang doktrina ng pagtitiis (cf. Mateo 10:22). Iyon ay dapat tanganan sa isang wikaing pag-iigting kasama ang doktrina ng seguridad (cf. Pahayag 2:7,11,17,26; 3:5,12,21; 21:7). Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Pangangailangan sa Pagtitiis sa 4:17.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 13:14-23

**14Nguni't pagkakita ninyo ng KASUKLAMSUKLAM NA PANINIRA, na nakatayo doon sa hindi dapat niyang kalagyan (unawain ng bumabasa), kung magkagayo'y magsitakas sa mga bundok ang nangasa Judea: 15At ang nasa bubungan ay huwag bumaba, ni pumasok, upang maglabas ng anoman sa kaniyang bahay: 16At ang nasa bukid ay huwag magbalik upang kumuha ng kaniyang balabal. 17Datapuwa't sa aba ng nangagdadalangtao at ng nangagpapasuso sa mga araw na yaon! 18At magsipanalangin kayo na ito'y huwag mangyari sa panahong taginaw. 19Sapagkat ang mga araw na yaon ay magiging kapighatian, na ang gayo'y di pa nangyayari buhat sa pasimula ng paglalang na nilikha ng Diyos hanggang ngayon, at ni hindi na mangyayari kailan man. 20At malibang paikliin ng Panginoon ang mga araw, ay walang laman na makaliligtas; datapuwat dahil sa mga hirang, na kaniyang hinirang, ay pinaikli niya ang mga araw. 21At kung magkagayon kung may magsabi sa inyong sinomang tao, Narito, ang Kristo; o, Nariyan; huwag ninyong paniwalaan: 22Sapagkat may magsisilitaw na mga bulaang Kristo at mga bulaang propeta, at mangagpapakita ng mga tanda at mga kababalaghan, upang mailigaw nila, kung mangyayari, ang mga hirang. 23Datapuwa't mangagingat kayo: narito, ipinagpauna ko nang sinabi sa inyo ang lahat ng mga bagay.**

**13:14**

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | **"ng KASUKLAMSUKLAM NA PANINIRA"** |
| **NRSV** | **"ang kalagim-lagim na paglapastangan"** |
| **TEV** | **"ang kakila-kilabot na pagkasuklam"** |
| **JB** | **"ang mapanirang pagkasuklam"** |

## NATATANGING PAKSA: ANG KASUKLAMSUKLAM NA PANINIRA (ABONIMATION OF DESOLATION)

Inilalarawang mainam ni M. R. Vincent ang terminong kasuklamsuklam: "Ang kaugnay na pandiwa, βδελύσσμαι, ay nangangahulugang makaramdam ng pagkalula o kabigatan ng loob para sa pagkain, samakatuwid, pangkalahatang ginagamit sa pagkasuklam. Sa isang moral na kaunawaan, iyon ay nagpapakilala ng isang bagay na moral o pang-

relihiyong pagkasuklam. Tingnan ang II Cronica 15:8; Jeremias 13:27; Ezekiel 11:21; Daniel 9:27; 11:31. Iyon ay ginamit bilang katumbas sa diyus-diyosan sa I Mga Hari 11:17; Deuteronomio 7:26; 2 Mga Hari 23:13. Iyon ay nagpapakilala ng anumang bagay na naglalayo mula sa paghahayag ng Diyos sa Kaniyang sarili; gaya ng pagkain ng mga maduduming hayop, Levitico 11:11; Deuteronomio 14:3; at, sa pangkalahatan, lahat ng mga anyo ng paganismo. Ang moral na kaunawaan ay kailangang bigyang-diin sa paggamit ng Bagong Tipan paggamit ng salita. Ihalintulad ang Lucas 16:15; Pahayag 17:4,5; 21:27. Iyon ay hindi nagpapakilala ng pisikal o estetikong pagkasuklam lamang. Ang sanggunian dito ay maaaring sa pagsakop ng mga presinto ng templo ng mga taga-Romang nananamba ng diyus-diyosan sa ilalim ni Tito, kasama ang kanilang mga pamantayan at mga watawat. Josephus ay nagsasabing na after ang burning ng ang templo ang taga-Roma brought kanilang mga watawat at tinakda nila ito sa harapan ng silangang pasukan, at doon sila naghain ng kanilang mga sakripisyo, at ipinahayag na si Tito, ng may pagbubunyi, ang emperador" (*Word Studies in the New Testament*, pp. 74-75).

Ang salitang Hebreong "paninira" ay nangahulugang paglapastangan. Ang pariralang ito ay ginamit sa Daniel 9:27, 11:31, at 12:11.

1. Iyon tila sa orihinal ay tumutukoy kay Antiochus IV Epiphanes, na naglagay ng isang altar kay Zeus Olympios sa ang templo sa Herusalem noong 167 B.C. (cf. Daniel 8:9-14; I Macabeo 1:54).
2. Also sa Daniel 7:7-8 iyon nauugnay sa ang Antichrist ng ang huling-panahon (cf. II taga-Thesalonica 2:4).
3. Sa Lucas 21:20 iyon maaaring ay tumutukoy sa darating na hukbon ng Romanong Heneral (naging Emperador) noong A.D. 70, na nagsakripisyo na kanilang mga hukbo na inalay sa mga paganong diyus-diyosan, na inilagay sa silangang pasukan na malapit sa templo. Iyon ay hindi tumutukoy sa pagkubkob sa Herusalem mismo dahil iyon ay lubhang huli na tumakas para sa mga mananampalataya.

Ito ay isang halimbawa ng isang parirala na ginagamit sa maraming magkaiba, ngunit magkaugnay na mga kaunawaan. Ito ay tinawag na propesiyang maraming katuparan. Iyon ay mahirap maipaliwanag hanggang sa matapos mangyari ang pangyayari; pagtingin pabalik, ang tipolohiya ay malinaw.

▣

**NASB** **"'na nakatayo doon sa hindi dapat niyang kalagyan'"**
**NKJV** **"'nakatayo sa hindi naman dapat'"**
**NRSV, NJB** **"'nagtakda sa hindi naman dapat"**
**TEV** **"'nakatayo sa lugar na hindi dapat'"**

Ang katatayuan ng KATAGA ay GANAP NA TAHAS NA AKUSATIBONG PANGLALAKI sa *The Analytical Greek New Testament* nina Barbara at Timothy Friberg, p. 154 (cf. TEV), ngunit GANAP NA TAHAS NA AKUSATIBONG WALANG KASARIAN sa *The Analytical Lexicon to the Greek New Testament* ni William D. Mounce, p.219 (cf. NASB, NRSV, NJB). Kung WALANG KASARIAN, ngayon, iyon ay tumutukoy sa (1) "ang kasuklamsuklam" (*bdelugma*) o (2) sa hukbo ni Tito (*strateuma*). Idinadagdag ng Mateo 24:15 ang "tumatayo sa Banal na Lugar" (i.e., ang Banal na Lugar ng templo), na nagpapahiwatig ng PANGLALAKI kasarian at tumutukoy sa Romanong Heneral. Ito rin, ay tumutugma kay Tito, na nagtakda ng mga Romanong pamantayan (na nakatayo para sa kanilang mga diyus-diyosan) sa ang templo ng Herusalem.

▣ **"(unawain ng bumabasa)"** Ito ay nangangahulugang "mag-isip nang may pag-iingat" o "isaalang-alang nang mainam" (cf. II Timoteo 2:7). Ito ay isang puna mula sa may-akda ng Ebanghelyo. Iyon ay tila nangahulugang magsimula ng karagdagang pagtalakay (i.e., ang Kasuklamsuklam na Paninira ay mula sa Daniel 9:27; 11:31; 12:11) sa paksa ng taong nagbabasa nang malakas sa isang nag-aaral na pangkat sa isang pagsambang kalagayan, halos katulad ng ating makabagong mga klase sa *Sunday School*.

▣ **"'magkagayo ay magsitakas sa mga bundok ang nangasa Judea'"** Si Eusebio, isang mananalaysay ng kasaysayan ng iglesiya mula sa ikaapat na siglo, ay tinala na ang mga Kristiyano ay tumakas mula sa Herusalem patungo sa Pella, halos dalawampung milya sa timog-silangan ng Dagat ng Galilea, bago lamang palibutan ng mga Romanong lulusob sa lungsod noong A.D. 70 (cf. *Hist. Eccl.* 3:5:2-3).

**13:15 "'ang nasa bubungan'"** Ang mga bahay ay mayroong pantay ng mga bubong. Sila ay ginamit bilang lugar ng panlipunang pagtitipon sa mga maiinit na buwan. Iyon ay sinasabing ang isa ay maaaring maglakad sa palipot ng Herusalem sa mga bubong ng mga bahay. Tila ang ilang mga bahay ay ginawa kadikit ng mga pader ng lungsod. Nang nakita ang hukbo, kagyat na pagtakas ay kinakailangan.

**13:16 "'balabal'"** Ito ay tumutukoy sa panlabas na balabal, na ginagamit din bilang kumot sa pagtulog. Ang mga lalaking gumagawa sa bukid ay maaaring wala nitong kasama nila.

**13:17 "'aba'"** Ang terminong ito ay ginamit sa OT upang ipakilala ang mga propesiyang pangkahatulan. Iyon ay isang paraan sa pagtukoy sa isang panambitan sa paglilibing o panaghoy. Ang kahatulan ng Diyos sa Herusalem ay makakaapekto sa mga mananampalataya gayundin sa mga di-mananampalataya (gayundin ang Dakilang Kapighatian).

▣ **"'ng nangagdadalangtao'"** Ito ay maliwanag na tumutukoy sa pagkawasak ng Herusalem lamang. Iyon ay maaaring napakahirap sa mga buntis na mabilisang tumakas sa ibabaw ng pader. Ito ay walang kinalaman sa Ikalawang Pagdating! Ang mga katanungan ng mga alagad kay Hesus kaugnay ang tatlong magkakahiwalay na isyu: ang pagkawasak ng Herusalem, Kaniyang Ikalawang Pagdating, at ang wakas ng panahon. Ang suliranin ay ang mga tanong na ito ay tinuran sa katulad na panahon. Walang madaling paghahati ng talata sa mga paksa.

**13:18 "'sa panahong taginaw'"** Ang mabilisang paglalakbay ay maaaring mahirap din sa tag-lamig para sa mga buntis at mga musmos.

**13:19** Ito ay maaaring makita bilang (1) ang katindihan ng huling-panahong pag-uusig sa mga mananampalataya at kahatulan ng Diyos sa mga di-mananampalataya o (2) isang Pasilangang eksahersyon. Iyon ay mahirap malaman kung ang mga sangunian ay literal o patalinghaga (ihambing ang Joel 2:28-32 at paggamit nito ni Pedro sa Mga Gawa 2, kung saan iyon ay hindi ipinagpalagay na literal). Ang NT ay isang silanganing aklat. Sila ay mas bihasa sa mga pagpapalabis at mga paglalarawan ng pananalita kaysa sa ating bilang mga makabagong taga-kanluran. Iyon ay hindi isang tanong sa pagkuha ng kapahayagan nang mabuti. Iyon ay isang hermenyutikong tanong ng layunin ng orihinal na kinasihang may-akda. Ang literal na paggamit sa NT sa bawat panahon at sa bawat lugar ay hindi *biblikal na conservatism*, ngunit di-wastong pagpapaliwanag.

Ang talatang ito ay maaaring isang pagkabanggit sa Daniel 12:1, ngunit mayroong isang idinagdag na parirala. Ang hinirang ay silang may mga pangalan ay sa aklat ng buhay (i.e., nananampalatayang mga Hudyo, ang tunay na natitira, at nananampalatayang mga Hentil, ang hiwaga ng Diyos na itinago, ngunit ngayon ay nahayag na, cf. taga-Efeso 2:11- 3:13)!

▣ **"buhat sa pasimula ng paglalang"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa 10:6.

**13:20** Ang pangkaluhugang tanong ay ano sa tatlong mga pangyayari ang tinutukoy? (i.e., (1) pagkawasak ng Herusalem; (2) ang Pagdating ni Kristo; o (3) ang wakas ng panahon) Ang tatlong mga pangyayari ay tinatalakay sa mga magkakasamang paraan. Walang malinaw at tiyak na paghahati ng talata. Iyon tila sa akin, ito ay tumutukoy sa Ikalawang Pagdating at ang wakas ng panahon at hindi ang pagkawasak ng Herusalem, dahil ang mga Kristiyano ay naunang tumakas sa lungsod bago ang pagkawasak nito.

▣ **"'malibang'"** Ito ay isang di-karaniwang PANGALAWANG URING MAY PASUBALI NA PANGUNGUSAP tinawag na "salungat sa katotohanan." Iyon ay naghahayag ng isang di-tamang saligan na gumagawa ng di-tamang pangwakas. Sa literal, ito ay nagpapahiwatig na "Kung ang Panginoon ay hindi pinaikli ang mga araw (na Kaniyang ginawa) wala ni isang maliligtas (ngunit sila ay naligtas)."

▣ **"'ang Panginoon'"** Ito ay tumutukoy kay YHWH, hindi kay Hesus. Si YHWH ay ang Isang humihirang/ pumipili (cf. taga-Efeso 1:4).

▣ **"'makaliligtas'"** Ito ay ang paggamit ng termino sa kaunawaan nito sa OT para sa pisikal na pagpapalaya (cf. Santiago 5:15), hindi espiritwal na kaligtasan.

▣ **"'datapuwat dahil sa mga hirang, na kaniyang hinirang'"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

## NATATANGING PAKSA: ELEKSYON/PREDESTINASYON AT ANG PANGANGAILANGAN SA TEOLOHIKONG PAGTIMBANG (ELECTION/PREDESTINATION AND THE NEED FOR A THEOLOGICAL BALANCE)

Ang eleksyon o pagpili ay isang kahanga-hangang doktrina. Gayunpaman, hindi ito pagkakatawag sa pagpapaborito, ngunito ayang pagtawag na maging daluyan, isang kagamitan o paraan para sa katubusan ng iba! Sa Lumang Tipan ang salitang ay ginamit ng unang-una para sa paglilingkod; Sa Bagong Tipan ito ay ginamit ng unang-una para sa kaligtasan na umuusbong sa paglilingkod. Ang Bibliya ay kailanman hindi pinag-ayos ang waring magkasalungat sa pagitan ng dakilang kapangyarihan ng Diyos at malayang pagpili ng sangkatauhan, ngunit naniniwala sa kanila pareho! Ang mabuting halimbawa ng biblikal na tensyon ay ang taga-Roma 9 para sa kapangyarihan ng Diyos sa pagpili at taga-Roma 10 sa kinakailangang pagtugon ng sangkatauhan (cf. 10:11,13).

Ang susi sa teolohikong tensyon (pag-igting) na ito ay matatagpuan sa taga-Efeso 1:4. Si Hesus ay piniling taon Niya at lahat ay maaaring piliin sa Kanya (Karl Barth). Si Hesus ay ang oo ng Diyos sa pangangailangan ng makasalanang sangkatauhan (Karl Barth). Ang taga-Efeso 1:4 ay nakakatulong din na linawin ang isyu sa pamamagitan ng pagsasaad na ang tunguhin ng predestinasyon ay hindi langit, kundi kabanalan (pagiging kagaya ni Kristo). Tayo ay madalas na naaakit sa mga benepisyo ng ebanghelyo at pinagwawalang-bahala ang mga pananagutan! Ang pagtawag ng Diyos (Eleksyon) ay para sa panahon at maging sa walang hanggan!

Ang mga doktrina ay dumarating na may kaugnayan sa ibang mga katotohanan, hindi bilang nag-iisa, walang kinalamang mga katotohanan. Isang magandang analogo ay ang mga konstelasyon laban sa nag-iisang bituin. Ang Diyos ay nagpapakita ng mga katotohanan sa silanganin, hindi kanluraning mga dyanra. Dapat nating alisin ang tensyon (pag-igting) na inihatid ng dyalektikal (kabalintunaan) mga paris ng mga pang-doktrinang na katotohanan:

1. Predestinasyon laban sa malayang pagpili ng tao
2. Katiyakan ng mga mananampalataya laban sa pangangailangang magtiis
3. Orihinal na kasalanan laban sa pakusa na kasalanan
4. Kawalang kasalanan (perpeksyonismo) laban sa pagkakasala ng kaunti
5. Panimulang madaliang pag-aaring ganap laban sa progresibong pagpapaging banal
6. Kristyanong kalayaan laban sa Kristyanong pananagutan
7. Transendesiya ng Diyos laban sa katangian ng Diyos
8. Diyos bilang sukdulang di makikilala laban sa Diyos bilang makikilala sa Kasulatan
9. Ang Kaharian ng Diyos bilang pangkasalukuyan laban sa panghinaharap na kaganapan
10. Pagsisisi bilang regalo ng Diyos laban sa pagsisisi bilang kinakailangang maktaong tipanang pagtugon
11. Si Hesus bilang banal laban kay Hesus bilang tao
12. Si Hesus bilang kapantay sa Ama laban kay Hesus bilang nagpapailalim sa Ama

Ang teolohikong konsepto ng "tipanan" ay pinag-isa ang dakilang kapangyarihan ng Diyos (na laging nagpapasimula at nagtatakda ng mg adyenda) na may inaatas na panimula at nagpapatuloy na pagsisisi, pananampalatayang pagtugon mula sa mga tao. Maging maingat sa pagprupruwebang teksto sa isang panig ng kabalintunaan at pababain ang iba! Maging maingat sa pagsasaad lamang ng iyong paboritong doktrina o sistema ng teolohiya!

▣ **"'pinaikli niya ang mga araw'"** Ang pariralang ito ay nagpapahiwatig na ang di-nagbabagong Diyos (cf. Mga Awit 102:26-27; Malakias 3:6) ay maaaring baguhin ang Kaniyang mga plano! Ang Kaniyang katangian at pangkatubusang mga layunin ay hindi nagbabago, ngunit ang mga panalangin ng Kaniyang bayan ay nakakaapekto sa Kaniya at kadalasang nagbabago ng Kaniyang mga plano. Ito ay hiwaga! Ngunit iyon ay ang diwa ng namamagitang panalangin.

## NATATANGING PAKSA: ANG PANALANGING NAMAMAGITAN (INTERCESSORY PRAYER)

I. Panimula
   A. Ang panalangin ay mahalaga dahil sa halimbawa ni Hesus
      1. Pansariling panalangin, Marcos 1:35; Lucas 3:21; 6:12; 9:29; 22:31-46
      2. Paglilinis ng Templo, Mateo 21:13; Marcos 11:17; Lucas 19:46
      3. Tutularang panalangin, Mateo 6:5-13; Lucas 11:2-4
   B. Ang panalangin ay paglalagak sa tiyak na pagkilos ang ating pananampalataya sa isang personal, mapagkalingang Diyos na sa ating harapan, nakahanda, at may kakayahang kumilos sa ganang atin at sa iba, sa pamamagitan ng ating mga pangalangin.
   C. Ang Diyos ay may pangsariling pagtatakda sa Kanyang sarili upang kumilos sa mga panalangin ng Kanyang mga anak sa maraming saklaw (cf. Santiago 4:2)
   D. Ang pangunahing layunin ng panalangin ay ang ating pakikipag-ugnayan at panahon kasama ang Trinidad na Diyos.
   E. Ang saklaw ng panalangin ay kahit ano o kahit na sino na may kinalaman sa mga mananampalataya. Maaari tayong manalangin nang minsan, na nananampalataya, o paulit-ulit ang kaisipan o pangangailangan ay bumabalik.
   F. Ang Panalangin ay kinapapalooban ng maraming sangkap
      1. pagpuri at pagsamba sa Trinidad na Diyos
      2. pasasalamat sa Diyos para sa Kanyang presensya, pakikipag-ugnayan, at pagtutustos ng pangangailangan
      3. paghahayag ng ating pagiging makasalanan, kapwa sa nakalipas at kasalukuyan
      4. pagsusumamo para sa ating mga nadamang mga pangangailangan o mga pagnanais
      5. tagapamagitan sa ating mga pinanghahawakang mga pangangailangan ng iba sa harapan ng Ama
   G. Ang panalangin ng pamamagitan ay isang hiwaga. Iniibig ng Diyos ang ating mga pinapanalangin na higit kaysa sa atin, gayunman, ang ating mga panalangin ay kadalasang gumagawa ng isang pagbabago, pagtungon, o pangangailangan, hindi lang sa ating mga sarili, kundi sa kanila.

II. Biblikal na Sangkap
   A. Lumang Tipan
      1. Ilang mga halimbawa ng panalanging pamamagitan:
         a. Pagsusumamo ni Abraham para sa Sodom, Genesis 18:22ff
         b. Mga panalangin ni Moises para sa Israel
            (1) Exodo 5:22-23
            (2) Exodo 32:31ff
            (3) Deuteronomio 5:5

(4) Deuteronomio 9:18,25ff
c. Si Samuel ay nanalangin para sa Israel:
(1) I Samuel 7:5-6,8-9
(2) I Samuel 12:16-23
(3) I Samuel 15:11
d. Si David para sa kanyang anak, II Samuel 12:16-18
2. Ang Diyos ay naghahanap ng mga tagapamagitan, Isaias 59:16
3. Ang batid, hindi napagsisihang kasalanan o ang ugaling walang pagsisisi ay nakakaapekto sa ating mga panalangin
a. Mga Awit 66:18
b. Kawikaan 28:9
c. Isaias 59:1-2; 64:7

B. Bagong Tipan
1. Ang gawaing pamamagitan ng Anak at Espiritu
a. Hesus
(1) taga-Roma 8:34
(2) Hebreo 7:25
(3) I Juan 2:1
b. Banal na Espiritu, taga-Roma 8:26-27
2. Ang gawaing pamamagitan ni Pablo
a. Mga panalangin para sa mga Hudyo
(1) taga-Roma 9:1ff
(2) taga-Roma 10:1
b. Mga panalangin para sa mga iglesiya
(1) taga-Roma 1:9
(2) taga-Efeso 1:16
(3) taga-Filipos 1:3-4,9
(4) taga-Colosas 1:3,9
(5) I taga-Thesalonica 1:2-3
(6) II taga-Thesalonica 1:11
(7) II Timoteo 1:3
(8) Filemon, v. 4
c. Si Pablo ay humiling sa mga iglesiya na siya ay ipanalangin
(1) taga-Roma 15:30
(2) II taga-Corinto 1:11
(3) taga-Efeso 6:19
(4) taga-Colosas 4:3
(5) I taga-Thesalonica 5:25
(6) II taga-Thesalonica 3:1
3. Ang gawaing pamamagitan ng iglesiya
a. Panalangin sa isa't-isa
(1) taga-Efeso 6:18
(2) I Timoteo 2:1
(3) Santiago 5:16
b. Panalanging ipinamamanhik para sa mga natatanging pangkat
(1) Ating mga kaaway, Mateo 5:44
(2) Mga Kristiyanong manggagawa, Hebreo 13:18
(3) Mga namumuno, I Timoteo 2:2
(4) Sa may-sakit, Santiago 5:13-16
(5) Sa mga tumalikod, I Juan 5:16

III. Mga batayan para sa mga tinugunang panalangin
A. Ang ating pakikipag-ugnayan kay Kristo at sa Espiritu
1. Manatili sa Kaniya, Juan 15:7
2. Sa Kanyang pangalan, Juan 14:13,14; 15:16; 16:23-24
3. Sa Espiritu, taga-Efeso 6:18; Judas 20
4. Ayon sa kalooban Diyos, Mateo 6:10; I Juan 3:22; 5:14-15
B. Mga Dahilan
1. Hindi nag-aalinglangan, Mateo 21:22; Santiago 1:6-7
2. pakumbabaan at pagsisisi, Lucas 18:9-14
3. Maling paghingi, Santiago 4:3

4. Pagiging makasarili, Santiago 4:2-3
C. Ibang mga aspeto
1. Kasigasigan
a. Lucas 18:1-8
b. taga-Colosas 4:2
2. Palaging paghingi
a. Mateo 7:7-8
b. Lucas 11:5-13
c. Santiago 1:5
3. Hindi pagkakasundo sa tahanan, I Pedro 3:7
4. Malaya sa mga batid na kasalanan
a. Mga Awit 66:18
b. Kawikaan 28:9
c. Isaias 59:1-2
d. Isaias 64:7

IV. Teolohikong Paglalagom
A. Anong isang tanging karapan. Anong isang pagkakataon. Anong isang tungkulin at pananagutan
B. Si Hesus ang ating halimbawa. Ang Espiritu ay ating gabay. Ang Ama ay masugid na naghihintay.
C. Maaari itong makapagpabago sa iyo, iyong pamilya, iyong mga kaibigan, at sa sanglibutan.

## NATATANGING PAKSA: APATNAPU'T-DALAWANG BUWAN (FORTY-TWO MONTHS)

Ang pariralang apatnaput-dalawang buwan ay propetikong katangian ng isang yugto ng pag-uugis. Ang pagyurak sa panlabas na korte ay isang kasabihan para sa bayan ng Diyos sa ilalim ng pananakop ng mga di-mananampalataya sa magkaibang mga yugto sa kasaysayan—Antiochus Epiphanes, ang Roma sa A.D. 70, at ang pangwakas na panahong Anti-Kristo.

Apatnaput-dalawang mga buwan, o ang katumbas nito, ay binanggit ng ilang beses sa Bibliya. Ang pinagmulan ay tila sa aklat ng Daniel.

1. ang Daniel 7:25; 12:7 ay binanggit ang "isang panahon, mga panahon, at kalahati ng panahon" o 1277 mga araw (ipagpalagay na "panahon" ay katumbas ng isang taon) cf. Pahayag 12:14
2. ang Daniel 8:14 ay binanggit ang 2300 mga gabi at mga umaga
3. ang Daniel 12:11 ay binanggit ang 1290 mga araw
4. Daniel 12:12 binanggit ang 1335 mga araw. Kahawig ang pagpaparila na natagpuan sa Pahayag 11:3; 12:6 (1260 na araw) at 11:2; 13:5 (42 na buwan).

Isa pang paraan na tingnan ang ganitong mahiwagang parirala ay makita ito bilang isang pagkakasunod-sunod: isa, dalawan, ngunit hindi isang ikatlo; samakatuwid, isang pang-Diyos na limitadong haba ng panahon kung saan ang mga Hentil ng Kaharian ay uusigin ng mga tao ng Diyos. Ang Diyos, sa aklt ni Daniel, ay nasa lubusang kapangyarihan (Daniel 7:4, 6, 11, 12, 18, 22, 25, 26, 27)!

Kapag ang mga pangyayari na ito ay isinaalang-alang, ang kanilang pagkakaiba ay tila nagsasalita sa simbolikong kalikasan ng mga numero, habang ang kanilang kalapitan sa apatnaput-dalawang mga buwan ay tila nagpapakita na ito ay isang simbolikong bilang para sa isang yugto ng pag-uusig. Dahil ang tatlo kalahat ng pito, ito ay tila isang sanggunian sa isang buong yugto ng pag-uusig na pinaikli (cf. Mateo 24:22; Marcos 13:20; Lucas 21:24). Ang pag-uusig ay limitado sa pagmamahal ng Diyos bilang isang paghahatol.

**13:21 "'kung'"** Ito ay isang PANGATLONG URING MAY PASUBALI pangungusap, na nangangahulugan ng maaaring pagkilos.

▣ **"'huwag ninyong paniwalaan'"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS na may SALUNGAT NA KATAGA, na kadalasang nangangahulugang ihinto ang isang pagkilos sa pagpapatuloy, ngunit sa kontekstong ito, iyon ay <u>hindi</u> magkakaroon ng ganitiong karaniwang kahihinatnan.

Ang mga Kristiyano ay kailangang maging marunong tulad na ahas at maamo tulad ng kalapati (cf. Mateo 10:16). Ang mga musmos na Kristiyano, mga mapaniwalaing Kristiyano, mga sanggol na Kristiyano ay lubhang karaniwan lahat. Kailangan nating subukin ang mga espiritu (cf. I Juan 4:1) upang makita kung sila ay tunay na tagapagsalita ng Diyos. Lubha akong nalulungkot na marinig na ang mga mananampalataya ay nagtitipon sa mga puno, mga pintong may tabing, o natatanging mga banal na lugar upang makita si Hesus. Ang kontekstong ito ay lubhang malinaw! Kapag Siya dumating, ang lahat ay makikita Siya at makikilala Siya (cf. Mateo 24:27).

Ang kagyat na konteksto ng vv. 14-23 ay tumutukoy sa kanilang lumilisan mula sa Herusalem, hindi pinipigilan ng sinumang nag-aangkin na si Kristo ay mayroong pagpapakita sa lungsod, sa lugar na ito o doon.

**13:22 "'mangagpapakita ng mga tanda at mga kababalaghan'"** Ang bulaang mga kristo ay magpapamalas ng mga himala. Maging maingat sa palaging pagpapalagay ng mga himala sa Diyos (cf. Exodo 7:11-12,22; Deuteronomio 13:1ff;

Mateo 24:24; II taga-Thesalonica 2:9-12; Pahayag 13:13-14). Ang mga bulaang mananampalataya ay maaaring gumawa ng himala (cf. Mateo 7:21-23).

▣ **"'kung mangyari'"** Iyon ay tila sa akin na ang anumang mangyayari sa v. 22 ay maaaring nauugnay sa konteksto sa anumang mangyayari sa v. 20 (i.e., isang PANGALAWANG URING MAY PASUBALI) dahil ang hinirang (cf. vv. 20 at 22) ay hindi maaaring maligaw ng landas!

**13:23** Ito ay isa sa mga paraan ni Hesus (na nagpapakilala ng mga prediksyon ni YHWH sa OT) sa pagpapatunay sa Kaniyang mga tagasunod ang Kaniyang kapangyarihan sa kasaysayan at katubusan sa pamamagitan ng paghahayag ng mga mangyayari. Si YHWH at ang Kaniyang Kristo ang may kapangyarihan sa panahon at kasaysayan! Kahit na ang mga mahihirap na panahon ay bahagi ng Kaniyang mapanghubog na pangkatubusang plano.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 13:24-27

**[24]Nguni't sa mga araw na yaon, pagkatapos ng kapighatiang yaon, ay magdidilim ang araw, at ang buwan ay hindi magbibigay ng kaniyang liwanag, [25]At mangalalaglag ang mga bituin mula sa langit, at magsisipangatal ang mga kapangyarihan sa mga langit. [26]At kung magkagayo'y makikita nila ang Anak ng tao na napariritong nasa mga alapaap na may dakilang kapangyarihan at kaluwalhatian. [27]At kung magkagayo'y susuguin niya ang mga anghel, at titipunin ang kaniyang mga hinirang mula sa apat na hangin, mula sa wakas ng lupa hanggang sa dulo ng langit.**

**13:24 "'Ngunit'"** Ito ay isang malakas na KASALUNGAT na nagpapakita isang pagtigil sa konteksto. Isang bagong panahon bahagi ay inihahayag na.

**13:24 "'MAGDIDILIM ANG ARAW'"** Ito ay apokaliptikong wika sa OT ng huling-panahon (cf. Ezekiel 32:7-8; Joel 2:10; 3:15; 28:3-4; Amos 8:9; gayundin sa II Esdras 5:5; Pag-akyat ni Moises 10:5; at I Enoch 80:4-7). Ito ay isang kalipunan ng mga sipi sa OT:

1. v. 24 ay mula sa Isaias 13:10
2. v. 25 ay mula sa Isaias 34:3
3. v. 26 ay mula sa Daniel 7:13

Ngunit ito maaaring tumutukoy sa mga pagbabago sa kalikasan habang papalapit ang Manlilikha (cf. II Pedro 3:7,10,11,12; taga-Roma 8:18-22). Kadalasang ang mga ganitong apokaliptikong pangyayari sa *cosmos* ay ginamit upang ilarawan ang pagbagsak ng mga pamahalaan.

**13:25** Ito ay isang siping mula sa Isaias 34:4. Iyon nagpapakilala ng paniniwala na ang mga bituin ay mga panlangit na kapangyarihan (cf. Mga Hukom 5:20; Job 38:7). Sa apokaliptikong panitikan, ang nahulog na mga bituin ay kadalasang tumutukoy sa mga anghel (cf. Pahayag 8:10; 9:1; 12:4). Sa Bibliya, ang mga anghel ay mga alipin ng Diyos, ngunit sa pagsamba sa Diyus-diyosan ng Mesapotamiya, sila ay tumutukoy sa mga diyus-diyosan na may kapangyarihan sa kapalaran ng tao (i.e., mga labindalawang tanda ng Zodiac o mga paggalaw ng mga planeta).

**13:26 "'ANG ANAK NG TAO NA NAPARIRITONG NASA MGA ALAPAAP'"** Ang pagkatao at pagka-Diyos ni Hesus ay binibigyang-diin ng terminong "Anak ng Tao" na ginamit sa Mga Awit 8:4; sa palagian nitong pang-Hudyong pangwikaing kaunawaan bilang nilalang na tao sa Ezekiel 2:1; at maka-Diyos na kaunawaan nito sa Daniel 7:13 (cf. Marcos 8:38; 13:26; 14:62 lahat ng paggamit sa Daniel 7:13). Ang katotohanan na ang "Anak ng Tao" paparito sa mga ulap ng langit ay nagpapakita ng Kaniyang pagka-Diyos (cf. Mga Awit 68:4; 104:3). Ang mga ulap ay ang sasakyan at pantakip ni YHWH (ang *Shekinah* na Ulap ng Kaluwalhatian sa panahon ng yugto ng paglalagalag sa ilang ng Exodo at Mga Bilang. Si Hesus lumisan sa isang ulap [cf. Mga Gawa 1:9] at magbabalik sa mga ulap [cf. I taga-Thesalonica 4:17]).

## NATATANGING PAKSA: PAGPARITO SA GITNA NG MGA ULAP (COMING IN THE CLOUDS)

Ang pagparito na ito sa gitna ng mga ulap ay napakahalagang eskatolohikong tanda. Ito ay ginamit sa tatlong magkakaibang mga paraan sa OT.

1. Upang ipakita ang pisikal na presensya ng Diyos, ang Shekinah ulap ng Kaluwalhatian (cf. Exodo 13:21; 14:19, 20, 24: 16:10; Bilang 11:25; Nehemias 9:19)
2. upang takpan ang Kanyang Kabanalan upang ang tao ay hindi Siya makita at mamatay (cf. Exodo 33:20; Isaias 6:5)
3. upang ilipat ang pagka-Diyos (cf. Mga Awit 18:9; 104:3; Isaias 19:1; Nahum 1:3; Mga Gawa 1:9; 1 taga-Thesalonica 4:17)

Sa Daniel 7:13 mga ulap ay ginamit sa transportasyon ng banal na taong Mesyas (tingnan ang Natatanging Paksa: Mesias). Ang propesiyang ito sa Daniel ay ipinahiwatig ng lagpas 30 beses sa NT. Ang kaparehong kaugnayan nito sa

Mesyas kasama ng mga ulap sa kalangitan ay makikita sa Mateo 24:30; 26:64 Marcos 13:26; 14:62; Mga Gawa 1:9,11; 1 taga-Thesalonica 4:17; Pahayag 1:7.

▣ **"'dakilang kapangyarihan at kaluwalhatian'"** Ito ay nagpapakita ng mahigpit na pagkakaiba sa pagitan ng Kaniyang unang pagparito (cf. Zacarias 9:9; Isaias 53) at ang Ikalawang Pagdating (cf. Pahayag 19). Ito ay kaagapay, ngunit sa magkaibang mga termino, sa Mateo 24:30.

**13:27 "'ang mga anghel'"** Sa II taga-Thesalonica 1:7, ang mga anghel ay tinawag na mga anghel ni Hesus. Kadalasan, sila ay tinawag na mga anghel ni YHWH (cf. Judas 14).

▣ **"'titipunin ang kaniyang mga hinirang'"** Ito ay pang-propesiyang wika sa OT (cf. Deuteronomio 30:35; Isaias 43:6; at Mga Awit 50:5). Ang tiyak na pagkakasunod-sunod ng partikular na pangyayari sa huling-panahon ay di-tiyak. Tinuro ni Pablo na sa kamatayan ng mananampalataya ay kasama na si Kristo (cf. II taga-Corinto 5:6,8). Itinuturo ng I taga-Thesalonica 4:13-18 na tila mayroon sa ating pisikal na mga katawan, na naiwan dito, ay makakasama ng ating mga espiritu sa pagdating ng Panginoon. Nagpapahiwatig ito ng isang kalagayang walang katawan sa pagitan kamatayan at araw ng muling pagkabuhay. Maraming tungkol sa mga pangyayari sa huling-panahon at karanasan sa kabilang buhay ay hindi naitala sa Bibliya.

▣ **"'mula sa apat na hangin, mula sa wakas ng lupa hanggang sa dulo ng langit'"** Nagpapahiwatig ito ng isang malaganap sa mundo na pagsunod kay Hesus! Iyon din ay nagpapahiwatig ng isang mahabang yugto ng panahon para sa ebanghelyo upang lumaganap.

Ang bilang apat sa Bibliya ay sumasagisag sa mundo. Iyon ay tumutukoy sa apat na mga sulok ng mundo (Isaias 11:12), ang apat na mga hangin ng langit (Daniel 7:2; Zacarias 2:6), at ang apat na hangganan ng langit (Jeremias 49:36). Ang mga pinili ay titipunin saanmang dako sila nakakalat.

## NATATANGING PAKSA: MGA SIMBOLIKONG BILANG SA KASULATAN (SYMBOLIC NUMBERS IN SCRIPTURE)

A. Ilang mga bilang ay gumaganap bilang kapwa pang numero at simbolo.
  1. Isa – Diyos (e.g., Deutronomio 6:4; taga-Efeso 4:4-6)
  2. Apat – ang buong mundo (i.e., Apat na mga sulok, Apat na mga hangin)
  3. Anim – pantaong di-kaganapan (kulang ng isa sa 7, e.g., Pahayag 13:18)
  4. Pito – banal na perpeksyon (ang pitong mga araw ng paglikha). Pansinin ang simbolikong pagkakagamit sa Pahayag:
    a. pitong mga kandelero, Pahayag 1:12,20; 2:1
    b. pitong mga bituin, Pahyag 1:16,20; 2:1
    c. pitong mga iglesya, Pahayag 1:20
    d. pitong mga espiritu ng Diyos, Pahayag 3:1; 4:5; 5:6
    e. pitong mga lampara, Pahayag 4:5
    f. pitong mga selyo, Pahayag 5:1,5
    g. pitong mga sungay at pitong mga mata, Pahayag 5:6
    h. pitong mga anghel, Pahayag 8:2,6; 15:1,6,7,8; 16:1; 17:1
    i. pitong mga trumpeta, Pahayag 8:2,6
    j. pitong mga kulog, Pahayag 10:3,4
    k. pitong libo, Pahayag 11:13
    l. pitong mga ulo, Pahayag 13:1; 17:3,7,9
    m. pitong mga salot, Pahayag 15:1,6,8; 21:9
    n. pitong mga mangkok, Pahayag 15:7; 21:9
    o. pitong mga hari, Pahayag 17:10
  5. Sampu – kapunuan
    a. gamit ng mga Ebanghelyo
      (1) Mateo 20:24; 25:1,28
      (2) Marcos 10:41
      (3) Lucas 14:31; 15:8; 17:12,17; 19:13,16,17,24,25
    b. ginamit sa Pahayag
      (1) Pahayag 2:10, sampung mga araw ng tribulasyon
      (2) Pahayag 12:3; 17:3,7,12,16, sampung mga sungay
      (3) Pahayag 13:1, sampung mga korona
    c. kalipunan ng mga 10 sa Pahayag
      (1) 144,000 = 12x12x1000, cf. Pahayag 7:4; 14:1,3

(2) 1,000 = 10x10x10, cf. Pahayag 20:2,3,6

6. Labindalawa – samahan ng mga tao
   a. labindalawang mga anak ni Jacob (i.e., labindalawang mga angkan ng Israel, Genesis 35:22; 49:28)
   b. labindalawang mga pader, Exodo 24:4
   c. labindalawang mga bato sa kalasag ng Punong Saserdote, Exodo 28:21; 39:14
   d. labindalawang mga tinapay, para sa hapag ng Banal na Lugar (simbilo ng probisyon ng Diyos para sa labindalawang mga angkan), Levitico 24:5;Exodo 25:30
   e. labindalawang mga espiya, Deutronomio 1:23;
   f. labindalawang mga tagabuhat ng mga bato, Josue 4:2,3,4,8,9,20
   g. labindalawang mga apostol, Mateo 10:1
   h. paggamit sa Pahayag
      (1) labindalawang libong tinatakan, Pahayag 7:5-8
      (2) labindalawang mga bituin, Pahayag 12:1
      (3) labindalawang mga tarangkahan, labindalawang mga anghel, labindalawang mga tribu, Pahayag 21:12
      (4) labindalawang foundation stones, pangalans ng the labindalawang mga apostol, Pahayag 21:14
      (5) Bagong Herusalem ay ang labindalawang libong estadya parisukat, Pahayag 21:16
      (6) labindalawang mga tarangkahan na ginawa ng labindalawang mga perlas, Pahayag 21:12
      (7) puno ng buhay kasama ang labindalawang mga uri ng bunga, Pahayag 22:2
7. Apatnapu – bilang para sa panahon
   a. minsan literal (exodo at sa paglalagalag sa ilang, e.g., Exodo 16:35); Deutronomio 2:7; 8:2
   b. maaring literal o simboliko
      (1) baha, Genesis 7:4,17; 8:6
      (2) si Moises sa Mt. Sinai, Exodo 24:18; 34:28; Deutronomio 9:9,11,18,25
      (3) pagkakahati-hati ng buhay ni Moises:
         (a) Apatnapung mga taon sa Ehipto
         (b) Apatnapung mga taon sa desyerto
         (c) Apatnapung mga taon sa pangunguna sa Israel
      (4) Si Hesus ay nag-ayuno ng apatnapung araw, Mateo 4:2; Marcos 1:13; Lucas 4:2
   c. Pansinin (sa pamamagitan ng isang Konkordans) ang bilang ng beses ang numerong ito ay lumitaw sa panahong designasyon sa Bibliya!
8. Pitongpu – kumpletong bilang para sa tao
   a. Israel, Exodo 1:5
   b. pitongpung mga matatanda, Exodo 24:1,9
   c. eskatolohiko, Daniel 9:2,24
   d. pangmisyong pangkat, Lucas 10:1,17
   e. pagpapatawad (70x7), Mateo 18:22

B. Mabuting mga sanggunian
   1. John J. Davis, *Biblical Numerology*
   2. D. Brent Sandy, *Plowshares and Pruning Hooks*

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 13:28-32

**[28]Sa puno nga ng igos ay pag-aralan ninyo ang kaniyang talinghaga: pagka nananariwa ang kaniyang sanga, at sumusupling ang mga dahon, ay nalalaman ninyo na malapit na ang tagaraw; [29]Gayon din naman kayo, pagka nangakita ninyong nangyari ang mga bagay na ito, ay talastasin ninyo na siya ay malapit na, nasa mga pintuan nga. [30]Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Hindi lilipas ang lahing ito, hanggang sa mangaganap ang lahat ng mga bagay na ito. [31]Ang langit at ang lupa ay lilipas: datapuwat ang aking mga salita ay hindi lilipas. [32]Nguni't tungkol sa araw o oras na yaon ay walang nakakaalam, kahit ang mga anghel sa langit, kahit ang Anak, kundi ang Ama *lamang*.**

**13:28 "'puno ng igos'"** Sa talinghagang ito, ang puno ng igos ay tila hindi isang simbolo ng pambansang Israel gaya ng Marcos 11:12-14, ngunit isang talinghaga ng mga mananampalataya na nalalamang ang pangkalahatang panahon, kung hindi nam ang tiyak na panahon, ng pagbabalik ng Panginoon. Ang puno ng igos ay huli sa kaniyang panahon. Iyon ay naghuhudyat na ang dating ay tag-araw, hindi tag-sibol.

**13:29 "'talastasin'"** Ito ay alinman sa isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG o isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS. Ang huling salin-lahi ay tiyak na mauunawaan ang mga pang-propesiyang talatang ito. Ang suliranin ng iglesiya ay bawat salin-lahi ng mga mananampalataya ay sinubukang ilagay ang mga

propesiya sa kaniyang sariling pangkasalukuyang kasaysayan at kultura. Hanggang ngayon, bawat salin-lahi ay maaaring mali. Nawawala ang pagiging totoo ng iglesiya dahil sa lahat ng mga bulaang hula!

▣ **"'Siya'"** Walang PANGHALIP sa Griyegong teksto. Ang "maging" na pandiwa ay maaaring PANGLALAKI o WALANG KASARIAN. Dahil sa v. 14, ang WALANG KASARIAN na "iyon" ang pinakaakma. Kung gayon, ngayon, ito ay tumutukoy sa ang pagkawasak ng Herusalem.

**13:30** Ito ay isang malakas na DALAWAHANG SALUNGAT NA gramatikong kayarian. Iyon ay tumutukoy sa

1. ang pagkawasak ng Herusalem
2. ang pagpapalit ng anyo (cf. 9:1)
3. ang mga tanda ng ang Ikalawang Pagdating

Ang suliranin ay pinagsama ni Hesus ang lahat ng tatlong katanungan (cf. Mateo 24:3) na tinanong ngmga alagad sa isang konteksto, na walang malinis na paghahati sa pagitan ng mga pangyayari.

**13:31 "'Ang langit at ang lupa ay lilipas'"** Ang dakilang katotohanan na ito ay kinapapalooban ng apokaliptikong wika sa OT (cf. II Pedro 3:7,10). Ang Salita ng Diyos ay hindi lilipas, ngunit ang pisikal na nilikha ay naapektuhan ng kasalanan ng tao ay lilinisin. Ito ang inuulit na paksa ng Banal na Kasulatan (cf. Josue 21:45; 23:14-15; I Mga Hari 8:56; Isaias 40:6-8; 55:8-11; Mateo 5:17-20).

**13:32 "'sa araw na yaon'"** Ito ay isang pagdadaglat ng ang OT pariralang "ang Araw ng Panginoon" (lubhang karaniwang sa Amos at Joel). Iyon ay tumutukoy sa Ikalawang Pagdating o isang araw ng kahatulan (i.e., pansumandali = pagkawasak ng Herusalem o eskatolohiko = ang huling kahatulan).

▣ **"o oras"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Oras sa 14:35.

▣ **"'walang nakakaalam. . . kundi ang Ama *lamang*'"** Ito ay tumutukoy sa ang Ikalawang Pagdating at ang Bagong Panahon, hindi ang pagkawasak ng Herusalem. Tiyakang ipinahayag ni Hesus ang salin-lahi sa v. 30. Ito ay isang malakas na talata sa mga Kristiyano na ihinto ang pagtatakda ng tiyak na petsa para sa Ikalawang Pagdating.

## NATATANGING PAKSA: AMA (FATHER)

Ang OT ay nagpapakilala ng matalik na pangpamilyang talinghaga ng Diyos bilang isang Ama (tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Pagka-Ama ng Diyos)

1. ang bansang Israel ay madalas na inilalarawan bilang "anak" ni YHWH (cf. Osea 11:1; Malakias 3:17)
2. maging ang sinaunang Deuteronomio ay gumamit ng analohiya ng Diyos bilang isang Ama (1:31)
3. sa Deuteronomio 32 ang Israel ay tinawag na "kanyang mga anak" at ang Diyos ay tinawag na "inyong ama"
4. ay analohiyang ito ay isinaad sa Awit 103:13 at nabuo sa Awit 68:5 (ang ama ng mga ulila)
5. ito karaniwan sa mga propeta (cf. Isaias 1:2; 63:8; Israel bilang isang anak, Diyos bilang Ama, 63:16; 64:8; Jeremias 3:4,19; 31:9).

Si Hesus ay nagsalita ng Aramaiko, na ibig sabihin ay marami sa mga lugar na kung saan ang "Ama" ay lumabas sa Griyegong *Pater* ay maaring nagpakita ng Aramaikong *Abba* (cf. Marcos 14:36). Ang pampamilyang salita ito na "Tatay" o "Papa" ay nagpapakita ng pagiging matalik ni Hesus sa Ama; Ang pagpapakita Niyang ito sa Kanyang mga alagad ay naguudyok din sa atin ng pagiging matalik sa Ama. Ang salitang "Ama" ay ginamit ng mangilan-ngilan sa OT para sa YHWH, ngunit si Hesus ay ginagamit ito ng madalas at walang pagaalinlangan. Ito ay matinding kapahayagan sa bagong relasyon ng mga mananampalataya sa Diyos sa pamamagitan ni Kristo (cf. Mateo 6:9).

▣ **"'kahit ang mga anghel sa langit'"** Ang mga anghel ay tinitingnan bilang mausisa tungkol sa pakikitungo ng Diyos sa sangkatauhan (cf. I taga-Corinto 4:9; taga-Efeso 2:7; 3:10; I Pedro 3:12). Kahit na bagaman sila ay kasama ng Diyos, hindi nila lubusang nauunawaan ang Kaniyang mga plano. Kay Kristo ang mga walang hanggang layunin ito ay ginawang malinaw!

▣ **"'kahit ang Anak'"** Ang kakulangang ito ng impormasyon ay maliwanag na nagpapakita ng tunay na pagkatao ni Hesus. si Hesus, bagaman lubusang tao at lubusang Diyos, ay iniwan ang bahagi ng Kaniyang maka-Diyos na mga katangian sa langit ng Siya ay nagkatawang-tao (cf. taga-Filipos 2:7). Ang limitasyon lamang ay hanggang sa pagkatapos ng pag-akyat sa langit.

Ang paggamit ni Hesus ng terminong "Anak" upang ilarawan ng Kaniyang sarili ay nagpapahayag ng Kaniyang sariling-pagkakaunawa (i.e., YHWH ay ang Ama, Siya ay ang pinili, pang-Mesias na Anak). Ito ay isang di-karaniwang paggamit ng terminong "Anak" na nagpapahiwatig ng "Anak ng ang Ama" (i.e., Diyos). Kadalasang tinutukoy ni Hesus ang Kaniyang sarili bilang "Anak ng Tao," ngunit pariralang ito ay maaaring nauunawaan ng Kaniyang mga tagapakinig bilang "taong nilalang" maliban na sila ay pamilyar sa natatangi nitong paggamit sa Daniel 7:13. Ngunit, ang Judaismo

ay hindi binibigyang-diin ang teksto at titulo sa OT.

Ang pariralang “kahit ang Anak” ay hindi isinama sa Mateo 24:36 o sa ilang sinaunang Griyegong ansialong mga kasulatan א[a], K, L, W. Iyon ay kasama sa karamihan ng mga salin dahil iyon ay makikita sa mga kasulatang א, B at D, ang Diatesseron, at ang Griyegong mga teksto na kilala nina Irenaeo, Origen, Chrisostomo, at lumang Latin na kasulatan na ginamit ni Jerome. Ito ay maaaring isa sa mga tekstong binabago ng mga eskribng *orthodox* upang patingkarin ang pagka-Diyos ni Kristo laban sa mga bulaang guro (Tingnan si Bart D. Ehrman, *The Orthodox Corruption of Scripture*, Oxford University Press, 1993, pp. 91-92).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 13:33-37

**[33]Kayo'y mangagingat, mangagpuyat at magsipanalangin: sapagkat hindi ninyo nalalaman kung kailan kaya ang *tinakdang* panahon. [34]Gaya ng isang tao na nanirahan sa ibang lupain, na pagkaiwan ng kaniyang bahay, at pagkabigay ng kapamahalaan sa kaniyang mga alipin, sa bawa't isa'y ang kaniyang gawain, ay nagutos din naman sa bantay-pinto na magpuyat. [35]Mangagpuyat nga kayo: sapagkat hindi ninyo nalalaman kung kailan paririto ang panginoon ng bahay, maging sa gabi, at hating-gabi, o kapag tumilaok ang tandang sa umaga; [36]Baka kung biglang pumarito ay kayo ay mangaratnang nangatutulog. [37]At ang sinasabi ko sa inyo ay sinasabi ko sa lahat, Mangagpuyat kayo.**

**13:33 “‘Kayo'y mangagingat, mangagpuyat’”** Ang mga ito ay PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MGA PAUTOS (cf. vv. 5,9,23). Ang mga mananampalataya ay dapat mamumahay sa palagiang pag-asa ng Ikalawang Pagdating. Sa vv. 33-37 mayroong dalawang magkaibang Griyegong mga termino na isinaling “mag-ingat”:

1. *blepō* (talatang 33, cf. taga-Galacia 6:1)
2. *grēgoreō* (mga talatang 34,35,37, cf. taga-Efeso 6:18)

Sa Louw at Nida, *Greek-English Lexicon of the New Testament Based on Semantic Domains*, tomo 1, p. 333, ang mga salitang ito ay may isang semantikong pagsasanib ng “maggising” o “nakahanda” para sa #1 at “maging alisto” o “magbantay” para sa #2.

Bagaman ang katotohanan ng ang Ikalawang Pagdating ay mararanasan lamang isang salin-lahi, bawat salin-lahi ay namumuhay sa palagiang pag-asa ng anumang oras na na pagbabalik ng Panginoon. Ipinapaliwanag nito kung bakit ang mga Apostol at ang sinaunang iglesiya ay iniisip na ang pagbabalik ay napipinto. Ang 2000 na taong pagpapaliban ay nakakagulat, ngunit ang Diyos ay matiyagang nagtitiis at hinahangad na walang mapapahamak (cf. I Timoteo 2:4; II Pedro 3:9). Siya ay nananatili upang matupad ng iglesiya ang Dakilang Komisyon (cf. Mateo 28:19-20; Lucas 24:46-47; Mga Gawa 1:8) at na ang buong bilang ng nananampalatayang mga Hudyo at nananampalatayang mga Hentil ay titipunin (cf. taga-Roma 11). Ang pagbabalik ay kahanga-hanga para sa mga mananampalataya, ngunit isang kapamahakan ng walang hanggang mga kahihinatnan para sa mga di-mananampalataya.

▣ **[“at magsipanalangin”]** Ang mga salita ay makikita sa maraming sinaunang Griyegong ansialong mga kasulatan, kabilang ang א, A, C, K, L, W, X, ngunit ay hindi makikita sa B at D. Sila lubhang tiyak na orihinal (cf. NKJV). Ang UBS[4], gayunman, ay binibigay ang mas maikling pagbasa ng isang “B” na antas (halos tiyak).

▣ **“‘ang *tinakdang* panahon’”** Ito ay hindi ang termino para sa sunod-sunod na panahon *chronos*, na hindi ginamit sa Marcos, ngunit termino para sa isang natatanging itinakdang panahon (*kairos*, cf. 1:15). Ito ay tumutukoy sa isang pangunahing eskatolohikong pangyayari. Ang tanong ay alin: (1) ang pagkawasak ng Herusalem; (2) ang pagpapakita ng Anak ng Tao; o (3) ang pagsisimula ng Bagong Panahon? Ang bilang isa ay nangyari noong A.D. 70. Ang bilang dalawa, sa isang kaunawaan, ay naganap na (i.e., ang pagkakatawang-tao at buhay ni Hesus), ngunit sa isa pang kaunawaan, ay panghinaharap (i.e., ang kalubusan ng ang Kaharian ng Diyos sa Ikalawang Pagdating ni Hesus). Ang bilang tatlo, tulad ng bilang dalawa, ay sa ilang kaunawaan ay naganap na. Ang mga mananampalataya ay namumuhay na – ngunit hindi pa sa Bagong Panahon, Kaharian ng Diyos (cf. Fee at Stuart, *How to Read the Bible for All Its Worth*, pp. 131-134).

**13:34 “‘gaya ng isang tao na nanirahan sa ibang lupain’”** Ito ay karaniwang termino para sa maraming patalinghagang mga katuruan ni Hesus (cf. 12:1; Mateo 21:33; 25:14; Lucas 15:13; 19:12; 20:9). Ang isyu ay ang salik ng panahon (cf. vv. 35-37). Kung pagkakalooban ng sapat na panahon, ang tunay kalikasan ng mga tao ay lalabas. Ang naantalang pagbabalik ay nagdudulot sa mga tunay na katapatan at pagkauna na mahayag ang kanilang mga sarili. Ang Ebanghelyo ni Mateo ay ipinapaliwanag ang mga salitang ito sa Mateo 24:42-51.

▣ **“‘sa bawa't isa'y ang kaniyang gawain’”** Ito maaaring ay inuugnay sa mga kaloob ng Espiritu, na nakatala sa taga-Roma 12; I taga-Corinto 12; at taga-Efeso 4. Ang mga Kristiyano ay hahatulan (cf. II taga-Corinto 5:10), ngunit para sa ano? Tiyak na hindi para sa mga kasalanan, dahil ang dugo ni Hesus ay napatawad na ang lahat ng kasalanan (cf. Hebreo 9). Maaaring ang mga Kristiyano ay magbibigay ng pagsusulit sa Diyos para sa pamamahala ng ebanghelyo at ang paggamit ng kanilang espiritwal na kaloob.

**13:35**
**NASB** **"'maging sa gabi, at hating-gabi, o kapag tumilaok ang tandang sa umaga'"**
**NKJV** **"'kung sa hapon, o sa hating gabi, o sa pagtilaok ng manok, o sa umaga'"**
**NRSV** **"'sa gabi, o sa hating-gabi, o sa pagtilaok ng manok, o sa pagbubukangliwayway'"**
**TEV** **"'sa gabi o sa hating-gabi o sa maagang pagbubukang-liwayway o sa pagsikat ng araw'"**
**NJB** **"'gabi, hating-gabi, pagtilaok ng manok o pagsapit ng umaga'"**

Ang mga salitang ito ay nagpapakilala sa apat na Romanong pagbabantay sa gabi na tatlong oras bawat-isa:

1. gabi, 6 - 9 n.h.
2. hating-gabi, 9 n.h. -hating-gabi
3. pagtilaok ng manok, 12:00 n.u.- 3 n.u.
4. pagbubukang-liwayway, 3 - 6 n.u.

**13:37** Tingnan ang tala sa v. 33.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ano ang panimulang layunin ng kabanatang ito?
2. Ang talatang 4-7 ba ay naglalarawan ng huling panahon?
3. Paanong ang propesiya ni Daniel sa mga kabanatang 7-12 ay nauugnay sa ang Ikalawang Pagdating?
4. Bakit si Hesus ay gumagamit ng *apokaliptikong* na wika tulad ng talatang 24?
5. Maaari bang malaman ng mga mananampalataya kung kailan ng muling pagbabalik ng Panginoon?
6. Ang Ikalawang Pagdating ba ay: nalalapit, naantala, o panahong di-tiyak?
7. Paanong hindi nalalaman ni Hesus ang panahon ng Kaniyang pagbabalik?
8. Inaasahan mo ba sa iyong buhay ang pagbabalik ni Hesus?

# MARCOS 14

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Planong Pagpatay kay Hesus | Ang Planong Pagpatay kay Hesus | Kamatayan ni Hesus | Ang Plano laban kay Hesus | Ang Sabwatan laban kay Hesus |
| | | (14:1-15:47) | | |
| 14:1-2 | 14:1-2 | 14:1-2 | 14:1-2 | 14:1-2 |
| Ang Pagpapahid sa Betanya | Ang Pagpapahid sa Betanya | | Si Hesus ay Pinahiran sa Betanya | Ang Pagpapahid sa Betanya |
| 14:3-9 | 14:3-9 | 14:3-9 | 14:3-5 | 14:3-9 |
| | | | 14:6-9 | |
| Sumang-ayon si Hudas na pagkanulo si Hesus | Sumang-ayon si Hudas na pagkanulo si Hesus | | Sumang-ayon si Hudas na pagkanulo si Hesus | Pinagkanulo ni Hudas si Hesus |
| 14:10-11 | 14:10-11 | 14:10-11 | 14:10-11 | 14:10-11 |
| Ang Paskwat kasama ang mga Alagad | Nagdiwang si Hesus ng Paskwa kasama ang Kanyang mga Alagad | Ang Huling Hapunan | Kumain si Hesus ng Pam-pang-pagkwang Hapunan Kasama ang mga Alagad | Mga Paghahanda sa Hapunang Pampaskwa |
| 14:12-21 | 14:12-21 | 14:12-16 | 14:12 | 14:12-16 |
| | | | 14:13-15 | |
| | | | 14:16 | Ang Kataksilan ni Hudas ay Ipinahayag |
| | | 14:17-21 | 14:17-18 | 14:17-21 |
| | | | 14:;19 | |
| | | | 14:20-21 | |
| Ang Pagtatag ng Hapunan ng Panginoon | Itinatag ni Hesus ang Hapunan ng Panginoon | | Ang Hapunan ng Panginoon | Ang Pagtatag ng Eukaristiya |
| 14:22-26 | 14:22-26 | 14:22-25 | 14:22 | 14:22-25 |
| | | Getsemani | 14:23-25 | Ipinahayag ang Pagkakaila ni Pedro |
| | | 14:26-31 | 14:26 | 14:26-31 |
| Ipinahayag ang Pagkakaila ni Pedro | Hinulaan ng Pagkakaila ni Pedro | | Hinulaan ng Pedro ang Pag-kakaila ni Pedro | |
| 14:27-31 | 14:27-31 | | 14:27-28 | |
| | | | 14:29 | |
| | | | 14:30 | |
| | | | 14:31a | |
| | | | 14:31b | |
| Ang Panalangin sa Getsemani | Ang Panalangin sa Getsemani | | Si Hesus ay Nanalangin Getsemani | Getsemani |
| 14:32-42 | 14:32-42 | 14:32-42 | 14:32-34 | 14:32-42 |
| | | | 14:35-36 | |
| | | | 14:37-38 | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | 14:39-40 | |
| | | | 14:41-42 | |
| Ang Pagtataksil at Pagdakip kay Hesus | Pagtataksil at Pagdakip sa Getsemani | | Ang Pagdakip kay Hesus | Ang Pagdakip |
| 14:43-50 | 14:43-50 | 14:43-50 | 14:43-44 | 14:43-52 |
| | | | 14:45-49 | |
| Ang Binatang Tumakas | Isang Binatang Tumakbo nang Nakahubad | | 14:50 | |
| 14:51-52 | 14:51-52 | 14:51-52 | 14:51-52 | |
| Hesus sa Harapan ng Konseho | Hinarap ni Hesus ang Sanhedrin | Si Hesus sa Harapan ni Caiaphas | Si Hesus sa Harapan ng Konseho | Si Hesus sa Harapan ng Sanhedrin |
| 14:53-65 | 14:53-65 | 14:53-65 | 14:53-56 | 14:53-54 |
| | | | | 14:55-64 |
| | | | 14:57-59 | |
| | | | 14:60 | |
| | | | 14:61 | |
| | | | 14:62 | |
| | | | 14:63-64a | |
| | | | 14:64b | |
| | | | 14:65 | 14:65 |
| Ang Pagkakaila ni Pedro kay Hesus | Pagkakaila ni Pedro kay Hesus, at Pagtangis | | Pagkakaila ni Pedro kay Hesus | Pagkakaila ni Pedro |
| 14:66-72 | 14:66-72 | 14:66-72 | 14:66-67 | 14:66-72 |
| | | | 14:68 | |
| | | | 14:69-70a | |
| | | | 14:70b | |
| | | | 14:71 | |
| | | | 14:72 | |

## IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito ay isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng pagpapaliwanag. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata
2. Pangalawang talata
3. Pangatlong talata
4. Atbp.

## MGA PAGKAKAAGAY NG MGA SINOPTIKONG EBANGHELYO

A. Ang planong pagpatay kay Hesus sa Marcos 14:1-2 ay kaagapay sa Mateo 16:1-5 at Lucas 22:1-2.
B. Ang pagpapahid ng langis sa Betanya sa Marcos 14:3-9 ay kaagapay sa Mateo 16:6-13 at Juan 12:2-8 (maaaring isa pang pagpapahid sa Galilea sa Lucas 7:36-39).
C. Ang pagsang-ayon ni Hudas na ipagkanulo si Hesus sa Marcos 14:10-11 ay kaagapay sa Mateo 26:14-16 at Lucas 22:3-6.
D. Ang Paskwa kasama ng mga alagad sa Marcos 14:12-21 ay kaagapay sa Mateo 26:17-25, Lucas 22:21-23, at Juan 13:21-30.
E. Ang pagtatag ng Hapunan ng Panginoon sa Marcos 14:22-26 ay kaagapay sa Mateo 26:26-29 at Lucas 22:17-20 (cf. I taga-Corinto 11:23-26).
F. Ang pagkakaila ni Pedro ay ipinahayag sa Marcos 14:27-31 ay kaagapay sa Mateo 26:31-35.
G. Ang panalangin ni Hesus sa Getsemani sa Marcos 14:32-42 ay kaagapay sa Mateo 26:36-46, Lucas 22:39-40, at Juan 18:1.
H. Ang pagkakanulo at pagdakip kay Hesus sa Marcos 14:43-50 ay kaagapay sa Mateo 26:47-56, Lucas 22:47-53, at Juan 18:2-12.
I. Si Hesus sa harapan ng Sanhedrin sa Marcos 14:53-65 ay kaagapay sa Mateo 26:57-68 at Juan 18:12,19-24.
J. Ang pagkakaila ni Pedro kay Hesus sa Marcos 14:66-72 ay kaagapay sa Mateo 26:69-75, Lucas 22:54-62, at Juan 18:15-18,25-27.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 14:1-2

**[1]Pagkaraan nga ng dalawang araw ay pista ng paskwa at ng mga tinapay na walang lebadura: at pinagsisikapan ng mga pangulong saserdote at ng mga eskriba kung paanong siya ay huhulihin sa pamamagitan ng daya, at siya ay maipapatay. [2]Sapagkat sinasabi nila, Huwag sa pista, baka magkagulo ang bayan.**

**14:1 "pista ng paskwa at ng mga tinapay na walang lebadura"** Sa orihinal, ang dalawang ito ay magkahiwalay na mga pista sa pag-alaal ng katulad na pangyayari, ang huling salot na nagdulot kay Faraon na pahintulutan ang mga Hudyo na lumisan ng Ehipto. Ang mga kinakailangan para sa piging ng Paskwa ay matatagpuan sa Exodo 12:1- 14,21-28,43-51. Ang mga pamamaraan para sa pitong araw na pista ng Tinapay na walang libadura ay matatagpuan sa Exodo 12:8,15-20 (cf. Bilang 28:16-25, Deuteronomyo 16:1-8, at Josephus, *Antiquities* 3.10.5).

▣ **"pagkaraan nga ng dalawang araw"** Dahil sa pinagsama ang dalawang pistang ito, ang mga Hudyo ay minsang tinutukoy ang buong yugto bilang "ang Paskwa." Samakatuwid, ito ay di-tiyak kung ang "dalawang araw" ay nangangahulugang (1) dalawang araw bago ang ikawalang araw na pista o (2) dalawang araw bago ang Paskwa mismo.

Ipinapahayag ng Juan 12:1-8 na ito ay naganap sa magkaibang araw; ang mga talatang 3ff ay maaaring isang pagbabalik-tanaw. Ang pagkakasunod-sunod ng mga huling araw ng buhay ni Hesus ay itinala nang magkakaiba ng apat na mga manunulat ng Ebanghelyo. Sa aking palagay, ang sinaunang iglesiya ay naunawaan ang mga pagkakaiba sa apat na mga Ebanghelyo, ngunit hindi sinubukang pagkasunduin sila. Ang mga pagkakaiba ay dulot ng (1) ang likas ng saksi ng mga kasulatan at (2) ang teolohiko/pang-ebanghelyong mga layunin ng bawat isang manunulat. Bawat isa sa kanila ay may kalayaan (sa ilalim ng inspirasyon) na pumili, mag-angkop, at mag-ayos ng mga katuruan at mga gawa ni Hesus upang umakma sa kanilang mga layunin at mga nilalayong pangkat (cf. Gordon Fee at Doug Stuart, *How to Read the Bible for All Its Worth*, pp. 126-129).

▣ **"mga pangulong saserdote at ng mga eskriba"** Idinagdag ni Mateo ang "mga matatanda," na buong pagtatalaga para sa Sanhedrin. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 12:13.

▣ **"mga pangulong saserdote at ng mga eskriba"** Ito ay hindi na bago (cf. 3:6; 11:18), ngunit ang mga gawa ni Hesus sa pagtanggap ng mga pagpupuri ng karamihan ng tao sa panahon ng Matagumpay ng Pagpasok sa Herusalem at ang Kaniyang paglilinis ng mga kalakal mula sa Dako ng mga Hentil ang nagpasiya ng Kaniyang kahihinatnan kapwa sa mga Fariseo at mga Saduceo.

**14:2 "baka magkagulo ang bayan"** Si Hesus ay kilalang-kilala sa Galilea. Sa panahon ng Paskwa, ang Herusalem ay lumaki nang tatlong bese sa kanyang karaniwang populasyon kasama ang mga manlalakbay mula sa lahat ng dako ng Mediteranyo, marami sa kanila ay mula sa Galilea. Ang maaaring "kaguluhan" ay binanggit sa Mateo 26:5 at 27:24.

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 14:3-9

**[3]At samantalang siya ay nasa Betanya sa bahay ni Simon na ketongin, samantalang siya ay nakaupo sa**

**pagkain, ay dumating ang isang babae na may dalang isang sisidlang alabastro na puno ng unguentong nardo na totoong mahalaga; at binasag niya ang sisidlan, at ibinuhos sa kaniyang ulo. [4]Datapuwat may ilan na nangagalit sa kanilang sarili, na nagsipagsabi, Ano ang layon ng pagaaksayang ito ng unguento? [5]Sapagkat ang unguentong ito ay maipagbibili ng mahigit sa tatlong daang denario, at maibibigay sa mga dukha. At inupasalaan nila ang babae. [6]Datapuwat sinabi ni Hesus, Pabayaan ninyo siya; bakit ninyo siya binabagabag? mabuting gawa ang ginawa niya sa akin. [7]Sapagkat laging nasa inyo ang mga dukha, at kung kailan man ibigin ninyo ay mangyayaring magawan ninyo sila ng magaling: datapuwat ako ay hindi laging nasa inyo. [8]Ginawa niya ang kaniyang nakaya; nagpauna na siya na pahiran ang katawan ko sa paglilibing sa akin. [9]At katotohanang sinasabi ko sa inyo, Saan man ipangaral ang ebanghelyo sa buong sanglibutan, ay sasaysayin din ang ginawa ng babaing ito sa pagaalaala sa kaniya.**

**14:3 "Betanya"** Isang lungsod sa gulod na kilala bilang Bundok ng Olibo, hindi kalayuan mula sa Herusalem, ay isang kilalang lugar para sa mga manlalakbay para makitulog sa panahon ng tatlong taunang pista na pinag-uutos. Bawat Hudyong pamilya na naninirahan malapit sa Herusalem ay kailangang buksan ang kanilang mga tahanan sa mga manlalakbayon sa kultura.

▣ **"Simon na ketongin"** Sa OT, ketong ay isang tanda ng galit ng Diyos. Iyon ay may malubhang mga panglipunang kahihinatnan. Ang taong ito ay tila gumaling, maaaring kay Hesus. Ang ketong sa sinaunang mundo ay isinasama ang maraming uri ng mga sakit sa balat (cf. Levitico 13-14), hindi lamang ang makabagong ketong.

Ang kaagapay sa Juan 12:2-8 ay nagpapahiwatig na ito ang tahanan nina Lazaro at Maria, ang kanyang kapatid, ang babae. Maaari bang si Simon ang kanilang ama na pinagaling ni Hesus sa nakalipas?

▣ **"nakaupo sa pagkain"** Hindi sila gumamit ng mga upuan, ngunit nakasandal sa tatlong mababang mesa na kahugis ng isang bakal ng kabayo, sa kanilang kaliwang siko habang ang kanilang paa sa nasa likuran nila.

▣ **"dumating ang isang babae"** Ang Lucas 7:36-50 ay tinala ang isang lubhang katulad na karanasan ng pagpapahid sa parehong lugar, ngunit ng isang makasalanang babae. Ang Juan 12:3 ay pinangalanan ang babaeng ito bilang si Maria, ang kapatid ni Lazaro, ngunit si Marcos ay hindi nagbigay ng pangalan. Si Marcos, na nagsulat nang maaga, ay maaaring takot na kilalanin siya bilang isang tagasunod ni Hesus, habang si Juan, na nagsult nang mas huli, ay may layang pangalan siya (cf. Lenski, *St. Mark's Gospel*).

Ito ay tiyak na isang kahanga-hangang pagkilos ng pag-ibig na sumasagisag sa nalalapit na paglilibing kay Hesus.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"isang sisidlang alabastro"** |
| **NKJV** | **"isang praskong alabastro"** |
| **NRSV, TEV, NJB** | **"garapong alabastro"** |

Ito ay isang maytakip na sisidlan na malabong puting bato mula sa Alabastron, isang lungsod sa Ehipto. Minsan itong buksan ay hindi na ito muling maisasara. Ang Juan 12:3 ay sinasabi sa atin na ito ay naglalaman isang buong libra. Ito ay maaring ang kaniyang dote sa kasal. Iyon ay maliwanag na isang pagkilos ng maranyang pag-ibig at debosyon.

**14:3**

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"puno ng unguentong nardo na totoong mahalaga"** |
| **NKJV** | **"napakamahal na langis ng nardo"** |
| **NRSV** | **"napakamahal na pamahid ng nardo"** |
| **TEV** | **"napakamahal na pabangong gawa sa purong nardo"** |
| **NJB** | **"napakamahal na pamahid, purong nardo"** |

Ang nardo ay gawa mula sa ugat ng isang halaman sa Himalayas. Iyon ay may isang napakatapang na bango. Ang salitang "totoo" ay mula sa *pistikos*, na nagpapahiwatig ng isang mapagkakatiwalaang kalidad (i.e., "dalisay" o "walang halo," cf. Juan 12:3).

Ang terminong "nardo" ay maaaring mula sa Latin (cf. A. T. Robertson *Word Pictures in the New Testament* tomo 1 p. 380). Ang Ebanghelyo ni Marcos ay may mas maraming mga salita at mga parilalang Latin kay sa ibang Ebanghelyo. Ito ay tila isinulat sa mga taga-Roma.

▣ **"sa kaniyang ulo"** Ipinapahayag sa atin ng Ebanghelyo ni Juan na ang nardo ay ibinuhos sa Kaniyang mga paa (cf. Juan 12:3). Maaaring kapwa totoo dahil ang isang buong libra ay labis-labis sa Kaniyang ulo lamang, ngunit madaling maipapahid sa Kaniyang buong katawan.

Iyon ay maaari na ang pinahiran sa ulo ay magpapaalala sa mga Hudyo sa pagpapahid ng isang Hari (cf. I Samuel 10:1; II Mga Hari 9:3,6 at implied sa I Samuel 16:13). Ito ay maaaring isang maharlikang pang-Mesias na simbolo at isang pamamaraan/propesiya sa paglilibing (cf. 15:46; 16:1; Lucas 23:56; Juan 19:39-40).

**14:4 "ilan"** Kinilala ng Juan 12:4-5 ang nagtanong bilang si Hudas Iscariote. Tila ang mga alagad ni Hesus ay pinag-uusapan ito sa kanilang mga sarili (cf. 9:10; 10:26; 11:31; 12:7; 16:3).

▣ **"na nangagalit sa kanilang sarili, na nagsipagsabi"** Ito ay isang DI-GANAP NA PAIKOT-IKOT. Ang mga alagad ay nag-uusap sa bawat-isa at sinisisi ang pagiging maluho ng babae. Sila ay nagagalit, at napopoot. Ang terminong ito ay ginamit sa saloobin ni Hesus 10:14 tungkol sa ang mga alagad na inilalayo ang mga bata.

▣ **"'maipagbibili ng mahigit sa tatlong daang denario'"** Ang mga makabagong katumbas sa pananalapi ay hindi makakatulong dahil sa nagbabagong kakayahang bumili gamit ng salapi. Ang isang denario ay ang arawang suweldo ng isang sundalo o manggagawa; samakatuwid, ito ay halos isang taong suweldo.

**14:5 "'at maibibigay sa mga dukha'"** Ang pamimigay ng salapi sa mahihirap sa panahon ng Paskwa ay isang mahalagang pang-relihiyong kinakailangan ng mga rabbi (cf. Juan 13:29). Iyon ay tinatawag na pagbibigay ng limos.

## NATATANGING PAKSA: PAGBIBIGAY NG LIMOS (ALMSGIVING)

I. Ang termino mismo
   A. Ang terminong ito ay lumago sa loob ng Judaismo (i.e., ang yugto ng Septuagint).
   B. Ito ay tumutukoy pagkakaloob sa mahirap at/o nangangailangan.
   C. Ang Ingles na salitang "pagbibigay-limos" ay nagmula sa isang pagdadaglat ng Griyegong terminong *eleēmosunē*.
II. Konsepto sa Lumang Tipan
   A. Ang konsepto ng pagtulong sa mahirap ay ipinapahayag nang una sa Torah (mga sulat ni Moises, Genesis- Deuteronomio).
      1. karaniwang konteksto, Deuteronomio 15:7-11
      2. "pag-iipon," pag-iiwan ng bahagi ng ani para sa mahirap, Levitico 19:9; 23:22; Deuteronomio 24:20
      3. "ang taon ng sabbath," pagpapahintulot sa mahirap na kumain ng bunga ng ikapito taon, na hindi natamnan ang lupa, Exodo 23:10- 11; Levitico 25:2-7.
   B. Ang konsepto ay lumago sa Karunungang Panitikan (mga piling halimbawa)
      1. Job 5:8-16; 29:12-17 (ang masamang inilarawan sa 24:1-12)
      2. ang Mga Awit 11:7
      3. Mga Kawikaan 11:4; 14:21,31; 16:6; 21:3,13
III. Paglago sa Judaismo
   A. Ang unang pangkat ng Mishnah tinatalakay kung paano pakikitunguhan ang mahirap, nangangailangan, at mga lokal na Levita.
   B. Mga piling sipi
      1. "gaya ng tubig na pumapatay ng isang nagliliyab na apoy, sa gayon, ang pagbibigay-limos ay nakapagbabayad ng kasalanan" (Ecclesiasticus [kilala rin bilang Karunungan ni Ben Sirach] 3:30, NRSV)
      2. "para sa kanila na kumikilos na sang-ayon sa katotohanan ay mananagana sa lahat ng ginagawa. Sa lahat ng sinumang tumutupad sa katuwiran [7]magbigay ng limos mula sa yong mga ari-arian, at huwag hayaan ang iyong mata ay mainggit sa kaloob kung ginawa mo ito. Huwag mong ikiling ang iyong mukha palayo sa kaninuman na mahirap, at ang mukha ng Diyos ay hindi ikikiling palayo sa iyon. [8]Kung ikaw ay maraming ari-arian, gawin mong may sukat ang kaloob para sa kanila; kung kaunti, huwag kang matako ng magkaloob sang-ayon sa kaunting mayroon ka. [9]Upang ikaw ay makapag-ipon ng isang mabuting kayamanan para sa iyong sarili laban sa araw ng pangangailangan. [10]Dahil ang pagbibigay-limos ay magtutubos mula sa kamatayan at mag-iingat sa iyo mula sa pagpunta sa Kadiliman. [11]Samakatuwid, ang pagbibigay-limos, para sa lahat na tumutupad nito, ay isang pinakamainam sa paghahandog sa harapan ng Kataas-taasan." (Tobit 4:6-11, NRSV)
      3. "[8]Ang panalangin at pag-aayuno ay mabuti, ngunit mas higt sa dalawa ay pagbibigay-limos na may katuwiran. Ang kaunting katuwiran ay mas higit sa kayamanang may maling gawa. Mas mabuting magbigay ng limos kaysa sa mag-ipon ng ginto. [9]Dahil ang pagbibigay-limos ay nagliligtas mula sa kamatayan at naglilinis ng bawat kasalanan. Silang nagbibigay ng limos ay matatamsa isang hustong buhay." (Tobit 12:8-9, NRSV)
   C. Ang huling sipi mula sa Tobit 12:8-9 ay nagpapakita ng umuunlad na suliranin. Ang paggawa ng tao/mga kagalingan ng tao ay makikita bilang isang kaparaan para sa kapwa pagpapatawad at kasaganahan.
      Ang konseptong ito ay mas lalong lumago sa Septuagint, kung saan ang Griyegong termino para sa pagbibigay-lumos (*eleēmosunē*) ay naging isang kasingkahulugan para sa katuwiran (*dikaiosunē*). Sila ay maaaring pamalit para sa isa't-isa sa pagsasalin ng Hebreong terminong *hesed* (Pangkasunduang pag-ibig at katapatan ng Diyos, cf. Deuteronomio 6:25; 24:13; Isaias 1:27; 28:17; 59:16; Daniel 4:27).
   D. Ang mga pagkilos ng kahabagan ng mga tao ay naging isang layunin sa kanilang sarili upang maisakatuparan

ang isang pansariling kasaganahan dito at kaligtasan at kamatayan. Ang pagkilos mismo, sa halip na ang motibo sa likod ng pagkilos, ay naging kaunahan sa teolohiya. Ang Diyos ay tumitingin sa puso, pagkatapos ay humahatol sa mga gawa ng kamay. Ito ang pagtuturo ng mga rabbi, ngunit ito, kahit papaanot, ay nawala sa paghahangad ng pansariling katuwiran ng tao (cf. Mikas 6:8).

IV. Ang Reaksyon ng Bagong Tipan
   A. Ang termino ay matatagpuan sa
      1. Mateo 6:1-4
      2. Lucas 11:41; 12:33
      3. Mga Gawa 3:2-3,10; 10:2,4,31; 24:17
   B. Ipinapahayag ni Hesus ang tradisyonal na pang-Hudyong kaunawaan ng katuwiran (cf. II Clemente16:4) sa Kanyang Pangangaral sa Bundok (cf. Mateo 5-7) na tumutukoy sa
      1. Pagbibigay-limos
      2. Pag-aayuno
      3. panalangin
   C. Sa Pangangaral sa Bundok ni Hesus (cf. Mateo 5-7), binago Niyang lubusan ang tradisyunal na pananaw ng katuwiran (i.e., pagtitiwala sa mga pagkilos ng isa). Ang "bagong kasunduan" ng Jeremias 31:31-34 ay nagiging bagong saligan ng pagiging tama sa Diyos (cf. taga-Roma 3:19-31). Ang Diyos ay nagkakaloob ng isang bagong puso, isang bagong isip, isang bagong espiritu. Ang pagtuon ay hindi sa pantaong kagalingan ngunit sa kagalingan ng Diyos (i.e., Ezekiel 36:26-27).

**14:6 "'Pabayaan ninyo siya'"** Ito ay isang AORIST GANAP NA PAUTOS. Ipinagtanggol ni Hesus itong magpagmahal, magpagbiyayang pagkilos. Nakita Niya ito bilang isang propetikong pagkilos sa paghahanda para sa Kaniyang mabiling nang darating na kamatayan at paglibing (cf. v. 8).

**14:7 "'Sapagkat laging nasa inyo ang mga dukha'"** Ito ay hindi isang mapanghamak na pagpuna tungkol sa mahihirap (cf. Deuteronomyo 15:4,11), ngunit isang pagbibigay-diin sa pagkanatatangi ni Hesus at ng kanyang natatanging panahon sa mundo.

**14:8 "'nagpauna na siya na pahiran ang katawan ko'"** Naunawaan niya ba ang hindi naunawaan ng mga alagad? Ang kaparehong uri ng pabango ay ginamit sa mga paghahanda sa paglilibing (cf. Juan 19:40).

**14:9 "'katotohanan'"** Sa literal, ito ay "amen." Tingnan ang Natatanging Paksa sa 3:28.

▣ **"'Saan man ipangaral ang ebanghelyo'"** Ang ebanghelyo ay tumutukoy sa mensahe na tinuro ni Hesus tungkol sa Diyos, tungkol sa sangkatauhan, tungkol sa kasalanan, tungkol sa Kaniyang sarili, tungkol sa kaligtasan, at tungkol sa buhay na susunod. Inihayag ni Hesus ang mga katotohanang ito sa mga kinasihang mga manunulat ng NT sa pamamagitan ng Espiritu. Sila ay kapahayagan, hindi pantaong pagkatuklas. Iyon una sa lahat ay kapahayagan ng isang persona at isang pakikipag-ugnayan sa persona, hindi lamang isang kredo o isang sistema ng mga doktrina tungkol sa persona. Iyon ay kinapapalooban ng isang personal na pakikipag-ugnayan kay Kristo sa pamamagitan ng pananampalataya at kaunawaan ng kung sino Siya at bakit Siya naparito, na magdudulot ng isang pamumuhay sa tulad kay Kristo sa liwanag ng bagong pakikipag-ugnayan sa Diyos at isang pananaw sa lubusang bagong mundo.

▣ **"'sa ang buong mundo'"** Inaasahan ni Hesus na ang ebanghelyo ay lalaganap sa buong mundo (cf. 13:27 at Mateo 28:19-20; Lucas 24:46-47; Mga Gawa 1:8).

▣ **"'sasaysayin din ang ginawa ng babaing ito sa pagaalaala sa kaniya'"** Hindi nakalimutan ni Hesus ang pagkilos sa kabaitan at debosyon. Ito ay nakatala sa Banal na Kasulatan, ngunit marami pang iba ay itinago sa puso ng Diyos at mahahayag sa dakilang araw (cf. taga-Galacia 6:7- 9; I Timoteo 5:25; Pahayag 14:13; gayundin ang 2:1,19; 3:8).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 14:10-11

**10 At si Hudas Iscariote, na isa sa labingdalawa, ay naparoon sa mga pangulong saserdote, upang maipagkanulo niya siya sa kanila. 11 At sila, pagkarinig nila nito, ay nangatuwa, at nagsipangakong siya ay bibigyan ng salapi. At pinagsikapan niya kung paanong siya ay kaniyang maipagkakanulo sa kapanahunan.**

**14:10 "si Hudas Iscariote, na isa sa labingdalawa"** Maraming iba't-ibang mga theoriya tunkol kay Iscariote (ang salita ay binaybay nang magkakaiba sa iba't-ibang mga kasulatang Griyego). Iyon ay maaaring tumukoy sa
1. isang lalaki ng Kerioth, isang lungsod ng Judah
2. lalaki ng Kartam, isang lungsod ng Galilea
3. ang supot na ginamit upang dalhin ang salapi

4. ang Hebreong salita para sa "nabibigti"
5. ang Griyegong salita para sa palalim ng mamamatay-tao

Kung totoo ang #1 siya lamang ang taging taga-Judea sa Labindalawa. Kung #4 o #5 ay totoo, siya ay isang panatiko tulad ni Simon.

Mayroon, kamakailan lamang lumabas na isang nakakawili, ngunit lubhang haka-haka (nagpapababa sa Ebanghelyo ni Juan), an aklat na nagpapaliwanag kay Hudas sa isang positibong pagkakasulat. Ang aklat ay pinamagatang *Judas, Betrayer or Friend of Jesus?* ni William Klassen, Fortress Press, 1996.

▣ **"na isa sa labingdalawa"** Siya ay kabilang sa mga piniling mga alagad ni Hesus. Siya ay bahagi ng mga pang-misyong paglalakbay at kasama sa mga pagtuturo, mga paghihimala ni Hesus, at ang Huling Hapunan.

Ang pariralang ito ay may DEPINITIBONG PANTUKOY "ang isa." Mayroong maraming mga mungkahi sa kung ano ang kahulugan nito: (1) Si Hudas ay isang pinuno ng pang-Apostol na pangkat. Siya ang nagtatago ng salapi para sa pangkat at siya ay may lugar ng paggalang sa Huling Hapunan o (2) iyon ay tumutukoy sa bulung-bulungan sa v. 4.

▣ **"naparoon sa mga pangulong saserdote"** Ang Lucas 22:4 ay nagdagdag ng "pulis ng templo." Tinanong ni Hudas kung magkano ang ibibigay nila sa kaniya (cf. Mateo 26:15). Iyon ang halaga ng isang nasuwag na alipin (cf. Exodo 21:32; Zacarias 11:12).

Sinasabi sa atin ng Mateo 26:16 na iyon ay "tatlumpung pirasong pilat." Tinupad nito ang propesiya ng Zacarias 11:12-13 (cf. Mateo 27:9-10). Si Hesus ang tinanggihang "Pastol." Ang mga manunulat ng Ebanghelyo ay sinipi ang mga kabanatang 9-14 ng Zacarias bilang isang propetikong pinanggalingan o tipolohiyang may kauganaya sa gawain ni Hesus.

1. Mateo 21:4-5 ay sinipi ang Zacarias 9:9
2. Mateo 24:3 ay sinipi ang Zacarias 12:10
3. Mateo 26:15 ay sinipi ang Zacarias 11:12-13
4. Mateo 26:31 ay sinipi ang Zacarias 13:7
5. Mateo 27:9-10 ay sinipi ang Zacarias 11:12-13

▣ **"maipagkanulo"** Ito ay ang Griyegong terminong "ibinigay" (*paradidōmi*). Ang mga Bibliyang Ingles ay palaging isinasalin iyon na "pagkanulo," ngunit ito ay hindi isang napatunayang kahulugan. Iyon ay maaaring magkaroon ng positibong kahulugan na "ipagkatiwala" (cf. Mateo 11:27) o "ipanumbalik" o "utusan" (cf. Mga Gawa 14:26; 15:40), gayundin ang negatibong kaunawaan na "ipasakamay ang isang tao sa may kapangyarihan" o "ilagay ang isang tao sa mga kamay ni Satanas" (cf. I taga-Corinto 5:5; I Timoteo 1:20), o para sa Diyos na lisanin ang isang tao sa kanyang sariling pagsamba sa diyus-diyosan (cf. Mga Gawa 7:42). Iyon ay maliwanag na konteksto ay kailangang magtakda ng kahulugan ng ganitong karaniwang pandiwa. Ang pagtataksil umaakma sa pagkilos ni Hudas.

**14:11 "sila ay nangatuwa"** Hindi nito sinasabi na sila ay nagulat. Ang nag-udyok ka Hudas ay palagiang pinanggagalingan ng haka-haka. Ang mga pinuno ng relihiyo ay maaaring nakita ang kaniyang pagtalikod sa pang-Apostol na pangkat bilang pagsasaalang-alang sa kanilang plano na pagpatay!

▣ **"sa kapanahunan"** Idinagdag ni Lucas 22:6 ang "hiwalay sa karamihan ng tao." Sila ay natatakot sa kasikatan ni Hesus sa mga manlalakbay na taga-Galilea na nasa Herusalem para sa pista (cf. 11:18; 12:12; Mateo 26:5; 27:24).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 14:12-16

**12At nang unang araw ng mga tinapay na walang lebadura, nang kanilang inihahain ang kordero ng paskwa, ay sinabi sa kaniya, ng kaniyang mga alagad, Saan mo ibig kaming magsiparoon at ipaghanda ka upang makakain ng kordero ng paskwa? 13At sinugo ang dalawa sa kaniyang mga alagad, at sa kanila ay sinabi, Magsiparoon kayo sa bayan, at doon ay masasalubong ninyo ang isang lalake na may dalang isang bangang tubig: sundan ninyo siya; 14At saan man siya pumasok, ay sabihin ninyo sa puno ng sangbahayan, Sinasabi ng Guro, Saan naroon ang aking tuluyan, na makakakanan ko ng kordero ng paskwa na kasalo ng aking mga alagad? 15At ituturo niya sa inyo ang isang malaking silid sa itaas na nagagayakan at handa na: at ipaghanda ninyo roon tayo. 16At nagsiyaon ang mga alagad, at nagsipasok sa bayan, at nasumpungan ang ayon sa sinabi niya sa kanila: at inihanda nila ang kordero ng paskwa.**

**14:12 "ang unang araw ng mga tinapay na walang lebadura"** Mayroong malaking suliranin sa kung ano ang araw kumain ng Huling Hapunan ang Panginoon at Kaniyang mga alagad, ika-13 o ika-14 ng Nisan. Tila ipinapahiwatig ni Juan na ika-13 (cf. 18:29; 19:14,31,32), habang ang Sinoptikong mga Ebanghelyo ay isinasaad ang ika-14. Marahil ang pagkakaiba ay kaugnay ng

1. paggamit ng kalendaryong Romano laban sa kalendaryong lunar ng Hudyo
2. pagkakaiba sa pagsisimula ng araw, i.e., gabi para sa mga Hudyo laban sa umaga para sa taga-Roma
3. katibayan na ang komunidad ng Dagat na Patay, na sumusunod sa kalendaryong solar, ay may Paskwa na isang

araw na mas maaga bilang isang simbolo ng pagtanggi sa pangsaserdoteng pamumuno sa Herusalem

Ang apat na mga Ebanghelyo ay mga tala ng saksi na isinulat para sa teolohiko at pang-ebanghelyong mga layunin. Ang mga may-akda ay may karapatan, sa ilalim ng inspirasyon, na pumili, umangkop, at isaayos ang buhay at mga salita ni Hesus. Ipinagpapalagay ito para sa karamihna ng mga inaakalang kahirapan sa mga tala ng Ebanghelyo (cf. Fee at Stuart, *How to Read the Bible for All Its Worth*, pp. 126-129). Ang katotohanan na sila ay magkakaiba ay nagpapahayag ng kanilang pagiging tunay. Ang sinaunang iglesiya ay tinatanggap ang apat na mga pahayag na hindi sinusubukang ipagkaisa sila (maliban sa Diatessaron ng Tatian sa huling bahagi ng ikalawang siglo).

Sa *hermenuetics*, ang mga Ebanghelyo ay kailangan ipaliwanag sa liwanag ng kanilang sariling konteksto (layunin ng kanilang may-akda) at hindi ihambing sa mga Ebanghelyo, upang makakuha lamang ng karagdagan pang-kasaysayang impormasyon.

**14:13 "ang dalawa sa kaniyang mga alagad"** Sinabi ng Lucas 22:8 na iyon ay sila Pedro at Juan. Mula sa mga rabinikong sanggunian, malalaman natin na tanging dalawa lamang mula sa bawat tahanan ang pinapayagan sa templo upang mag-alay ng tupa sa tulong ng isang saserdote.

▣ **"'masasalubong ninyo ang isang lalake na may dalang isang bangang tubig'"** Iyon ay lubhang di-karaniwan sa ganitong kultura para sa isang lalaki na magdala ng tubig at lalo na kung dadalhin iyon sa isang banga. Kung ang mga lalaki ay kailangang magdala ng malalaking dami ng tubig, gagamit sila ng mga balat ng tupa o kambing, hindi mga banga. Ito ay isa pang tala ng saksing si Pedro.

**14:14 "'sabihin ninyo sa puno ng sangbahayan'"** Maraming naniniwala na ito ay tahanan ni Juan Marcos (ang tagatipon ng mga pangangaral ni Pedro sa Roma na nasa Ebanghelyo ni Marcos), ang maaaring lugar ng Huling Hapunan at mga pagpapakita matapos ng pagkabuhay. Si Juan Marcos ay pinsan ni Bernabe at isang kalahok sa panimulang bahagi ang unang pang-misyong paglalakbay ng Bernabe at Saul (i.e., Pablo). Gayundin, siya ay kasama ni Pedro at tila ang may-akda ng unang Ebanghelyo, sa paggamit ng mga ala-ala at pangangaral ni Pedro. Ito ay tila naging isang magkakasunod na pangyayari, hindi isang hula.

**14:15** Gayundin ito ay lugar ng mga pagpapakita ni Hesus matapos ng pagkabuhay (cf. Mga Gawa 1:12). Ang silid na ito ang naging himpilan sa Herusalem para sa mga alagad.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 14:17-21

**17At nang gumabi na ay naparoon siyang kasama ang labingdalawa. 18At samantalang sila ay nangakaupo na at nagsisikain, ay sinabi ni Hesus, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang isa sa inyo na kasalo kong kumakain, ay ipagkakanulo ako. 19Sila'y nagpasimulang nangamanglaw, at isaisang nagsabi sa kaniya, Ako baga? 20At sinabi niya sa kanila, Isa nga sa labingdalawa, yaong sumabay sa aking sumawsaw sa pinggan. 21Sapagkat papanaw ang Anak ng tao, ayon sa nasusulat tungkol sa kaniya: datapuwat sa aba niyaong taong nagkakanulo sa Anak ng tao! mabuti pa sa taong yaon ang hindi na siya ipinanganak.**

**14:17 "nang gumabi na"** Ang Hudyong araw ay nagsisimula sa takipsilim (cf. Genesis 1:5,8,13,19,23,31). Ito ang pagkain sa Paskwa dahil ang kadalasang pangHudyong piging sa gabi ay sa hapon bago maggabi. Tanging ang piging ng Paskwa ang kinakain pagkatapos ng 6:00 p.m.

**14:18 "nakaupo"** Sa orihinal, ang Paskwa ay kinakain nang nakatayo dahil ng Exodo 12:11. Ang mga Hudyo ng unang siglo ay hindi gumagamit ng upuan, isang kaugalian na kanilang natutunan mula sa mga Persyano (cf. Esther 1:6; 7:8). Sila ay kumakain sa mababang mga unan, kadalasang tatlong sa bilang, at isang mesa sa hugis ng isang bakal ng kabayo (upang ang mga tagapagsilbi ay madaling madadala ang mga pagkain), nakahilig sa mga unan sa kanilang kaliwang siko habang ang kanilang mga paa ay nasa likuran.

▣ **"'katotohanan'"** Ito sa literal ay "amen." Tingnan ang Natatanging Paksa sa 3:28.

▣ **"'Ang isa sa inyo na kasalo kong kumakain, ay ipagkakanulo ako'"** Ito ay isang pagkabanggit sa Mga Awit 41:9. Ito ay isang pangkulturang paraan ng pagpapatingkad ng kasalanan ni Hudas (cf. Juan 13:18). Ang pagsasama sa hapag ay isang mahalagang pangkulturang simbolo ng pagkakaibigan at pangako. Ang ipagkanulo ang isang tao na kasama mo sa pagkain ay nakakapanglumo sa isang taga-silangan.

**14:19 "isaisang nagsabi sa kaniya, Ako baga'"** Bawat alagad ay iniisip na maaaring sila iyon. Pinapakita nito sa oras na ito, walang naghinala kay Hudas. Bawat isa sa kanila ay hindi tiyak ng kaniyang sariling kalagayan.

**14:20 "'yaong sumabay sa aking sumawsaw sa pinggan'"** Ito ay isang natatanging sawsawan ng prutas na kulay-abo, na katulad ng isang maliit ng kanyon. Si Hudas ay nakaupo, katabi sa kaliwa ni Hesus lagus ng pagkilala! Si Hesus ay patuloy, kahit na sa huling araw na ito, sa espiritu, ay sinusubukang abutin si Hudas.

**14:21 "'datapuwat sa aba niyaong taong nagkakanulo sa Anak ng tao! mabuti pa sa taong yaon ang hindi na siya ipinanganak'"** Juan 13:27ff ay nagpapahiwatig na si Hudas ay umalis na pagkatapos ng ikatlong kopa ng pagpapala bago ang pagtatag ng Hapunan ng Panginoon. Si Hudas ay isang palaisipan. Ang kaniyang mga layunin para sa pagkakanulo kay Hesus ay hindi ipinahayag. Ang ilan ay nakikita siya bilang isang marangal na Hudyong makabayan (i.e., panatiko) na sinusubukang pilitin si Hesus na kumilos na makidigma laban sa Roma. Ang iba ay nakikita siya bilang isang tapat na Hudyo na nabalisa sa pagtanggi ni Hesus sa Pasalitang Tradisyon at Kaniyang pakikisama sa mga itinaktwil at mga makasalanan ng Hudyong lipunan. Ang Ebanghelyo ni Juan ay naglalarawan sa kaniya bilang isang magnanakaw mula sa simula, isang tao na nadala sa kaniyang pag-ibig sa salapit. Gayunman, ang mga pagkilos ni Hudas pagkatapos ng pagdakip kay Hesus ay hindi umaakma sa ganitong katangian. Kung anuman ang tunay na layunin o paliwanag, anuman ang pagkakasangkot ni Satanas, anuman ang paunang kaalaman na nakapaloob sa hinulaang propesiya, si Hudas ay may pananagutan para sa kaniyang mga pagkilos, gayundin naman ang bawat-isa sa atin (cf. taga-Galacia 6:7).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 14:22-25

**[22]At samantalang sila ay nagsisikain, ay dumampot siya ng tinapay, at nang kaniyang mapagpala, ay kaniyang pinagputolputol, at ibinigay sa kanila, at sinabi, Inyong kunin: ito ang aking katawan. [23]At siya ay dumampot ng isang saro, at nang siya ay makapagpasalamat, ay ibinigay niya sa kanila: at doon ay nagsiinom silang lahat. [24]At sinabi niya sa kanila, Ito ay ang aking dugo ng kasunduan, na nabubuhos dahil sa marami. [25]Katotohanang sinasabi ko sa inyo, na hindi na ako iinom ng bunga ng ubas, hanggang sa araw na yaon na inumin kong panibago sa kaharian ng Diyos.**

**14:22 "dumampot siya ng tinapay"** Pansining iyon ay hindi ang Korderong Pampaskwa (o mga mapapait na halaman), ngunit ang tinapay na walang libedura (*azumos*, cf. 14:1). Ang Griyegong termino dito ay *artos*, na kadalasang ginamit upang ipakahulugan na karaniwang tinapay (cf. 3:20; 6:8,16,36,37; 7:2,5,27; 8:4,14,16,17). Ngunit iyon, gayundin, ay ginamit sa tinapay na walang libadura na kaagapay ng Mateo 26:26; Lucas 22:19. Maaaring ang tupa ay labis-labis sa isang pambansang kahulugan. Sa lahat ng pangkasaysayang mga kaugnayan sa pagitan ng Paskwa at ang Huling Hapunan, mayroong isang may layuning pagkakaiba sa teolohiya.

Kung mayroong isang nagpapatuloy na tipolohiya sa pagitan ng Exodo at si Hesus, na tila totoo, kung gayon, ang tinapay kumukuha ng isang natatanging pakikipag-ugnayan sa "manna" (cf. Exodo 16), na ipinagkaloob ni YHWH sa panahon ng paglalagalag sa ilang. Ito ay nagkaloob ng isang palagiang nagbibigay-buhay na pagkain para sa bayan ng Diyos. Ngayon, si YHWH, na nagkakaloob ng "tunay" na tinapay mula sa langit, na nagbibigay ang "totoo" ng nagbibigay-bigay na panustos, ay ipinadala ang "ganap" pinuno, at nagpapasimula ng bagong Paskwa mula sa kasalanan at kamatayan. Ang mga may-akda ng NT ay kadalasang ginagamit ang Kristolohikong tipolohiya sa kanilang mga pagpapakilala kay Hesus bilang inilarawan sa OT.

Ang alak sa OT ay kilala bilang dugo ng ubas at kadalasang ginagamit sa isang panghukumang kaunawaan (i.e., ang mga ubas ng poot). Ngayon, iyon ay ang pag-aalay na nagdadala ng walang-hanggang buhay. Ang paglalarawan ay maliwanag na makikita sa Juan 6.

▣ **"nang kaniyang mapagpala"** Mayroong isang tinakdang pamamaraan para sa piging ng Paskwa. Sa lahat ng pagkakataon ng simbolismo pinagpira-pirasong tinapay at alak ay makikita sa punto ng ritwal na tinatawag na "ang ikatlong kopa ng pagpapala" (cf. I taga-Corinto 10:16).

## NATATANGING PAKSA: ANG PAGKAKAAYOS NG PAGLILINGKOD SA PASKUWA SA UNANG SIGLONG JUDAISMO (ORDER OF THE PASSOVER SERVICE IN FIRST CENTURY JUDAISM)

A. Panalangin
B. Saro ng Alak
C. Paghuhugas ng kamay ng may-ari at ang pagpapasa ng sisidlan
D. Pagsawsaw sa mapait na halaman at sarsa
E. Tupa at ang pangunahing pagkain
F. Panalangin at pangalawang pagsawsaw sa mapait na halaman at sarsa
G. Pangalawang saro ng alak na may oras sa tanong-at-sagot para sa mga bata (cf. Exodo12:26-27)
H. Pag-awit ng mga Awit na Hallel 113-114 at panalangin
I. Ang pinuno ng palatuntunan ay gumawa ng pagkaing isinasawsaw pagkatapos maghugas ng kamay
J. Lahit ay kumain hangang mabusog; matatapos sa isang piraso ng tupa
K. Pangatlong Saro pagkatapos ng paghuhugas ng kamay
L. Pag-awit ng Awit na Hallel 115-118
M. Pang-apat na Saro ng Alak, na tumutukoy sa pagparito ng Kaharian

Maraming naniniwala na ang institusyon ng Hapunan ng Panginoon ay naganap sa "K."

▣ **"Inyong kunin: ito ang aking katawan"** Ang Juan 6:22ff at I taga-Corinto 10:16 ay nagpapakita ng matibay na teolohikong paglalarawan sa ritwal na ito. Ang mga salita ni Hesus tungkol sa Kaniyang katawan at dugo ay ikinagulat ng mga Hudyo. Ang pagkain ng katawan ng tao o kanibalismo at ang pag-inom ng dugo ay mga paglabag sa Levitico 11. Ang mga pahayag na ito ay maliwanag na simboliko, ngunit nakakagulat pa rin.

Sinasagisag ni Hesus ang pagpapapako sa krus sa pagpipira-piraso ng tinapay. Habang ang kulay ng alak ay katulad sa dugo, ang kulay ng tinapay katulad laman ng tao. Si Hesus ang tunay na Tinapay ng Buhay (i.e., manna, cf. Juan 6:31-33,51), ang tunay na Paskwa, ang bagong Exodo!

## NATATANGING PAKSA: ANG HAPUNAN NG PANGINOON SA JUAN 6 (THE LORD'S SUPPER IN JOHN 6)

A. Ang Ebanghelyo ni Juan ay hindi nagtatala ng Huling Hapunan ng ating Panginoon mismo, bagamat sa mga kabanata 3-17 nakasulat ang usapan at panalangin sa Itaas na Silid. Ang pagtanggal nito ay maaring sinadya. Ang iglesya ng ikalawang siglo ay nagsimulang tignan ang mga ordinansa sa isang sakramentong pakahulugan. Tinignan nila ito bilang isang mga daluyan ng biyaya. Si Juan ay maaring tumututol sa sakramentong pananaw sa pamamagitan ng hindi nito pagtala sa pagbabautismo ni Hesus o ang Huling Hapunan.

B. Ang Juan 6 ay nasa konteksto ng pagpapakain sa limang libo. Gayunman, ang karamihan ay ginagamit ito upang ituro ang pananaw na Eucharist. Ito ang pinanggalingan ng doktrina ng Romano Katoliko sa transubstansasyon (vv. 53-56).

Ang katanungan sa kung paano maiuugnay ang kabanata 6 sa Eucharist ay nagpapakita ng dalawaang katangian ng mga Ebanghelyo. Kapansin-pansin, na ang mga Ebanghelyo ay inuugnay sa mga salita at buhay ni Hesus, subalit ito ay isinulat ng ilang dekada ang lumipas at nagpapahayag ng nagkakaisang pananampalataya ng mga indibidwal na may-akda. Samakatwid mayroong tatlong antas ng intensyon ng may-akda.

1. ang Espiritu
2. si Hesus at ang mga orihinal na tagapakinig
3. ang mga Ebanghelyong manunulat at ang kanilang mga mambabasa

Paano ito bibigyan ng pakahulugan? Ang tanging mapapatunayang paraan ay dapat isang kontekstwal, gramatikal, leksikal na pagtangka, na naturuan ng makasaysayang tagpuan at hindi ang kabaligtaran.

C. Dapat nating tandaan na ang manunuod ay ang mga Hudyo at ang kutural na pinagyayarihan ay ang rabinikal na pag-aasam sa isang Mesias na may katauhan bilang super-Moises (cf. vv. 30-31), lalung-lalo na sa may kinalaaman sa karanasan sa Paglilisan o Exodo gaya ng "manna." Ang mga rabi ay gagamit ng Awit 72:16 bilang pangpatunay na teksto. Ang kakaibang mga pahayag ni Hesus (cf. vv. 60-62, 66) ay para kontrahin ang maling pag-aasam ng maraming tao patungkol sa Mesias (cf. vv. 14-15).

D. Ang mga sinaunang ama ng iglesya ay hindi lahat nagsasang-ayon na ang pariralang ito ay tumutukoy sa Huling Hapunan. Si Clemente ng Alexandria, Origen, at Eusebio ay hindi kailanman nagbanggit ng Huling Hapunan sa kanilang mga talakayan patungkol sa pariralang ito.

E. Ang mga talinghaga sa pariralang ito ay lubos na kagaya sa mga salita ni Hesus na Kanyang ginamit sa " babae sa balon" sa Juan 4. Ang pandaigdig na tubig at tinapay ay ginamit bilang talinghaga para sa buhay na walang hanggan at espiritwal na mga realidad.

F. Ang pagpaparaming ito ng tinapay ay ang nag-iisang himala na nakatala sa lahat ng apat na Ebanghelyo!

**14:23 "makapagpasalamat"** Ang Griyegong termino para sa "pagpapasalamat" ay *eucharistē*, kung saan ating nakuha ang Ingles na pangalan para sa Hapunan ng Panginoon, ang *Eucharist*.

**14:24 "Ito ay ang aking dugo ng kasunduan"** Ang kulay ng alak ay kahawig ng kulay ng dugo ng tao. Ang pariralang ito ay may tatlong maaaring pinagmulan sa OT.

1. Exodo 24:6-8, ang pagpapasinaya ng Aklat ng Kasunduan sa pamamagitan ng dugo ng kasunduan
2. Jeremias 31:31-34, ang tanging teksto sa OT na binabanggit ang "bagong kasunduan"
3. Zacarias 9:11, na nasa pampanitikang yunit 9-14, ang pinagmulan ng maraming mga propesiya (i.e., Kristolohikong tipolohiya) sa buhay ni Hesus

Mayroong dalawang mga kaibahan sa mga tradisyon ng Griyegong manuskrito.

1. "ang kasunduan" na sinusundan ang Mateo 26:28, na matatagpuan sa Griyegong mga manuskritong א, B, C, $D^2$, at L (at gayundin ang $D^*$ at W na may kaunting pagbabago). Ang $UBS^4$ ay nagkakaloob mas maikling pagbasa na ito ng isang "A" na antas (may katiyakan).
2. "ang bagong kasunduan" na sinusundan ang Lucas 22:20 at I taga-Corinto 11:25, na matatagpuan sa MSS A at E at ang Vulgata, Syriac, Coptic, at Armenian mga salin (cf. NKJV). Ito maaaring ay isang pagdaragdag

upang iugnay ang mga salita ni Hesus sa "bagong" kasunduan ng Jeremias 31:31-34.

Sa lahat ng pagtalakay na ito, isang bagay ang maliwanag. Ang kamatayan ni Hesus ay napakahalaga sa pagpapanumbalik ng nalugmok na sangkatauhan upang makasama ang Ama (cf. 10:45). Si Hesus dumating upang (1) ihayag ang Ama; (2) ipagkaloob sa ating ang isang halimbawa na susundan; at (3) mamatay sa ating kapakanan para sa ting kasalanan. Walang ibang paraan sa katubusan (cf. Juan 10,14). Ito ay ang sentrong anyo walang hanggang plano ng Diyos (cf. Mga Gawa 2:23; 3:18; 4:28; 13:29).

## NATATANGING PAKSA: KASUNDUAN (COVENANT)

Ang salitang OT na *berith* (BDB 136), kasunduan, ay hindi madaling ipaliwanag. Ito ay walang katulad na PANDIWA sa Hebreo. Ang lahat ng mga pagsisikap na makuha ang pinanggalingang etimolohikong kahulugan ay napatunayang hindi kapani-paniwala. Gayunman, ang maliwanag na nasa gitna ng konsepto ay nagtulak sa mga iskolar na pag-aralan ang pagkagamit ng salita na nagtatangkang malaman ang kanyang umiiral na kahulugan.

Ang kasunduan ay nangangahulugang ang isang tunay na Diyos (tingnan ang Natatanging Paksa: Monoteismo) ay nakikipag-ugnayan sa Kanyang nilalang na sangkatauhan. Ang konsepto ng kasunduan, tratado, o pinagsang-ayunan ay napakahalaga sapagkaunawa ng biblikal na kapahayagan. Ang pag-igting (pag-iigting) sa pagitan ng pagiging makapangyarihan ng Diyos at malayang pagpili na tao ay maliwanag na makikita sa konsepto ng kasunduan. Ang ilang mga kasunduan ay nakabatay lamang sa katangian at mga pagkilos ng Diyos.

1. Ang paglalang mismo (cf. Genesis 1-2)
2. Ang panawagan kay Abraham (cf. Genesis 12)
3. Ang kasunduan kay Abraham (cf. Genesis 15)
4. Ang pagpapanatili at pangako kay Noe (cf. Genesis 6-9)

Gayunman, ang pinakalikas ng kasunduan ay nangangailangan ng pagtugon.

1. Sa pamamagitan ng pananampalataya, si Adan ay kailangang sumunod sa Diyos at hindi kumain ng bunga ng puno sa gitna ng Eden
2. sa pamamagitan ng pananampalataya, si Abraham ay kailangang iwan ang kanyang pamilya, sumunod sa Diyos, at manampalataya sa mga salinlahi sa hinaharap
3. sa pamamagitan ng pananampalataya, si Noe ay kailangang gumawa ng isang malaking bangka na malayo sa tubig at itipon ang mga hayop
4. sa pamamagitan ng pananampalataya, si Moises ay inilabas ang mga Israelita sa Ehipto patungong Bundok ng Sinai at tumanggap ang tiyak na mga pamatnubay para sa pang-relihiyon at panlipunang pamumuhay na may mga pangako ng mga pagpapala at mga sumpa (cf. Deuteronomio 27-28)

Ang katulad na pag-igting (pag-iigting) na ito na kinapapalooban ng pakikipag-ugnayan ng Diyos sa sangkatauhan ay isinaalang-alang sa "bagong kasunduan." Ang pag-igting (pag-iigting) ay maaaring maliwanag na makita sa pagtutulad ng Ezekiel 18 sa Ezekiel 36:27-37 (pagkilos ni YHWH). Ang kasunduan ba ay sang-ayon sa mapagbiyayang pagkilos ng Diyos o inuudyukan ng pagtugon ng tao? Ito ang lumiliyab na isyu ng Lumang Kasunduan at ng Bago. Ang layunin ng dalawa ay iisa:

1. ang pagpapanumbalik ng pagkikipag-ugnayan kay YHWH na nawala sa Genesis 3 at
2. ang pagtatatag ng isang matuwid na bayan na magpapakita ng katangian ng Diyos.

Ang bagong kasunduan ng Jeremias 31:31-34 ay linulutas ang pag-igting (pag-iigting) sa pamamagitan ng pagtanggal sa pagsusumikap ng tao bilang paraan ng pagtatamo ng pagtanggap. Ang kautusan ng Diyos naging panloob na pagnanais sa halip na isang panlabas na titik ng kautusan. Ang layunin ng isang maka-Diyos, matuwid na tao ay nananatiling magkatulad, ngunit ang pamamaraan ay nagbabago. Ang nalugmok na sangkatauhan ay pinatunayan sa kanilang sarili na hindi sapat na maging aninag na larawan ng Diyos. Ang suliranin ay hindi sa kasunduan ng Diyos, ngunit ang pagiging makasalanan at mahina ng tao (cf. taga-Roma 7; taga-Galacia 3).

Ang katulad na pag-igting (pag-iigting) sa pagitan ng walang pasubali at may pasubaling mga kasunduan sa OT ay nananatili sa NT. Ang kaligtasan ay lubos na walang bayad sa natapos na gawain ni Hesu Kristo, ngunit kailangan nito ang pagsisisi at pananampalataya (kapwa sa panimula at pagpapatuloy, tingnan ang Natatanging Paksa: Manampalataya sa NT). Ito ay kapwa isang legal na pagpapahayag at isang panawagan sa pagiging katulad ni Kristo, isang nagpapahiwatig na kapahayagan ng pagtanggap at isang utos sa kabanalan! Ang mga mananampalataya ay hindi naligtas sa pamamagitan ng kanilang pagsusumikap, ngunit para sa pagsunod (cf. taga-Efeso 2:8-10). Ang maka-Diyos na pamumuhay ay naging ang katunayan ng kaligtasan, hindi ang paraan ng kaligtasan. Gayunman, ang walang hanggang buhay ay may kapuna-punang mga katangian! Ang pag-igting ay maliwanag na makikita sa mga babala ng NT (tingnan ang Natatanging Paksa: Apostasya o Pagtalikod sa Pananampalataya).

▣ **"'na nabubuhos dahil sa marami'"** Ang kamatayan ni Hesus, na sinasagisang ng Kaniyang pagbuho ng dugo, ay isang pag-aalay para sa kasalanan (cf. Marcos 10:45; Mateo 26:28; I taga-Corinto 15:3; II taga-Corinto 5:21; Mga Hebreo 9:11-15). Ang terminong "marami" ay hindi tumutukoy sa isang limitadong pangkat, ngunit ay isang Hebraikong (o Semitiko) talinghaga para sa "lahat ng tutugon." Makikita ang pagkakaagapay sa taga-Roma 5:18 at 5:19 gayundin sa Isaias 53:6 "lahat ng" ay inihahambing sa 53:11-12, "marami." Tingnan ang tala sa 10:45.

## NATATANGING PAKSA: BINUHOS (POURED OUT)

Ang Klasikong Griyegong termino na *cheō* ay nangangahulugang "ibuhos" (kasalasan sa isang literal na kaunawaan). Ang pinasidhing anyo, *ekcheō*, ay kinuha ang paggamit nito at pinayabong ang dalawang pakahulugan

1. ang pagbuhos ng dugo ng walang-sala, Mateo 23:35; Mga Gawa 22:20
2. isang pag-aalay ang pinagkaloob, Mateo 26:28; Marcos 14:24; Lucas 22:20

Kay Hesus ang dalawang kaunawang ito ay makikita sa Kalbaryo (cf. Colin Brown, ed., *The New International Dictionary of New Testament Theology* tomo 2, pp. 853-855).

Ang Bibliya ay gumagamit din ng PANDIWA nito kaugnay ng

1. ang Banal na Espiritu na ibinibuhos (cf. Joel 2:28-29; Ezekiel 39:29; Zacarias 12:10; Mga Gawa 2:17-18, 33; Tito 3:6)
2. ang pag-ibig ng Diyos (cf. taga-Roma 5:5; pansini ang teolohikong pagkaagapay sa taga-Galacia 4:6)
3. ang poot ng Diyos (cf. Pahayag 16, PANDIWA na ginamit ng walong beses)

**14:25 "'hindi na ako iinom'"** Ang liturhiya ng Paskwa ay kinapapalooban ng apat na mga kopa ng pagpapala. Ang mga rabbi ay pinagtibay ang pamamaraang ito batay sa Exodo 6:6-7. Ang ikatlong kopa ay sumisimbolo ng katubusan. Ito ang isang bumubuo ng batayan ng Hapunan ng Panginoon. Tumanggi si Hesus na uminom ng ikaapat na kopa ng pagpapala dahil iyon ay sumisimbolo ng katuparan. Inugnay ni Hesus ito sa piging pang-Mesias sa huling araw (cf. Isaias 25:6; 55; Mateo 8:11; Lucas 13:29; 14:15,24; 22:30; Pahayag 19:9,17).

▣ **"'hanggang sa araw na yaon'"** Ito ay maliwanag na tumutukoy sa isang panghinaharap na pagdating ni Hesus sa kaluwalhatian at kapangyarihan na lubhang naiiba sa Kaniyang kasalukuyang kalagayan kung saan Kaniyang hinarap ang pagkapahiya, sakit, pagtanggi, at kamatayan! Ang dalawang pagparito ni Hesus ay ikinaiba ang Kaniyang mga gawain bilang manunubos (i.e., panghaliling katubusan alang-alang sa iba) at matagumpay/hukom. Ang dalawang bahaging pagdating ay nagpagulat sa mga Hudyo. Iyon ay maaarini Hesus mismo, marahil sa landas patungong Emmaus, ang nagpakita ng buong kahalagahan ng mga susing mga talata sa OT (i.e., Genesis 3:15; Mga Awit 22; Isaias 53 at Zacarias 9-14).

▣ **"'ang kaharian ng Diyos'"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:15c.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 14:26

**[26]At pagkaawit nila ng isang imno, ay nagsiparoon sila sa bundok ng mga Olivo.**

**14:26 "pagkaawit nila ng isang imno"** Ang Griyegong pandiwang ito ay ang pinagmulan ng Ingles na salitang "imno." Ito ay maaaring bahagi ng mga Hallel na Awit (i.e., Mga Awit 113-118, cf. Mateo 26:30), na huling bahagi ng ritwal pangpaskwa. Ang mga awit na ito ay mga kapahayagan ng kagalakan at pasasalamat para sa katubusan ni YHWH. Sila ay binibigkas o inaawit nang buo, o sa bahagi, sa lahat ng mga pangunahing mga araw ng pista, maliban sa Araw ng Katubusan. Ang Awit 113-114 ay inaawit sa unahan ng pangpaskwa piging at ang 115-118 patungo sa pagtatapos ng pagkain.

▣ **"bundok ng mga Olibo"** Si Hesus at ang mga alagad ay palagiang ginagamit ito bilang isang kampo o lugar ng panalangin sa panahon ng Paskwa (i.e., walong araw).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 14:27-31

**[27]At sinabi sa kanila ni Hesus, Kayong lahat ay mangatitisod: sapagkat nasusulat, Sasaktan ko ang pastor, at mangangalat ang mga tupa. [28]Gayon man ay pagkapagbangon ko, ay mauuna ako sa inyo sa Galilea. [29]Datapuwat sinabi sa kaniya ni Pedro, Bagamat mangatitisod ang lahat, ngunit ako ay hindi. [30]At sinabi sa kaniya ni Hesus, Katotohanang sinasabi ko sa iyo, na ngayon, sa gabi ring ito, bago tumilaok ang manok ng makalawa, ay ikakaila mo akong makaitlo. [31]Datapuwat lalo nang nagmatigas siya na sinabi, Kahit na kailangang mamatay akong kasama mo, ay hindi kita ikakaila. At sinabi rin naman ng lahat ang gayon din.**

**14:27**

| | |
|---|---|
| **NASB, NJB** | **"Kayong lahat ay mangatitisod"** |
| **NKJV** | **"Ang lahat ng inyong mga gawa ay matitisod"** |
| **NRSV** | **"Kayong lahat ay magiging pabaya"** |
| **TEV** | **"Lahat kayo ay tatakbo palayo"** |

Ito ay isang PANGHINANARAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG. Ito ay isa pang katibayan na nalalaman ni Hesus at may kapangyarihan sa panghinaharap na mga pangyayari. Ang BALINTIYAK NA kaisipan ay makikita sa saling ASV, "lahat kayo ay matitisod" (i.e., *skandalizō*, na ginamit sa mga patpat na pinaing panghuli). Mayroong isang ikalawang PANGHINANARAP NA BALINTIYAK, "mangangalat," mula sa Zacarias 13:7. Ang katulad na terminolohiya ng kawalang-

pananampalataya (i.e., "mahuhulog") ay ginamit para ibang tinanggihan si Kristo (cf. Mateo 11:6; 13:21,57; 24:10; 26:31). Ang mga pananampalataya ng mga alagad ay mabibigo! Ang mga pagkakaila ni Pedro ay halimbawa lamang ng lahat ng kanilang mga takot.

▣ **"'nasusulat'"** Sa literal, ito ay "iyon ay naisulat," na isang GANAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG. Iyon ay isang pangkatangiang parirala (i.e., Hebreong wikain) na tumutukoy sa kinasihang OT.

▣ **"'Sasaktan ko'"** Ito ay isang sipi mula sa Zacarias 13:7. Iyon ay plano ng Ama kay Hesus na ibibigay ang Kaniyang buhay bilang isang pag-aalay para sa kasalanan (cf. Isaias 53:4,6,10; Marcos 10:45; Lucas 22:22; Mga Gawa 2:23; 3:18; 4:28; 13:29; II taga-Corinto 5:21).

**14:28** Sinabi ni Hesus sa mga alagad nang maraming beses na Siya ay makikipagpulong sa kanilasa isang bundok sa Galilea (cf. Mateo 26:32; 28:7,10,16). Ang natatanging pagpupulong ay ang pagkakataon para sa Dakilang Komisyon (cf. Mateo 28:16-20), na maaaring ang pagpapakita pagkatapos ng pagkabuhay na sinasabi ng I taga-Corinto 15:6. Hindi ito tumutukoy sa pag-akyat sa langit, na nangyari sa Bundok ng mga Olibo, apatnapung araw pagkatapos ng muling pagkabuhay (cf. Mga Gawa 1:12).

Ito ay isang hula ng Kaniyang muling pagkabuhay, ngunit hindi nila naintindihan ang kahalagahan nito. Ang pariralang ito ay isang napakahusay na pagkakataon upang ipakita na ang NT ay kadalasang ipinagpapalagay ang mga gawain ng katubusan sa lahat ng tatlong persona ng pagka-Diyos.

1. Ang Diyos Ama ang bumuhay kay Hesus (cf. Mga Gawa 2:24; 3:15; 4:10; 5:30; 10:40; 13:30,33,34,37; 17:31; taga-Roma 6:4,9; 10:9; I taga-Corinto 6:14; II taga-Corinto 4:14; taga-Galacia 1:1; taga-Efeso 1:20; taga-Colosas 2:12; I taga-Thesalonica 1:10)
2. Ang Diyos Anak ang bumuhay sa Kaniyang sarili (cf. Juan 2:19-22; 10:17-18)
3. Ang Diyos Espiritu ang bumuhay kay Hesus (cf. taga-Roma 8:11). Ang ganitong pagbibigay-diin sa Trinidad ay makikita sa vv. 9-10. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Trinidad sa 1:11.

**14:29 "'Bagamat'"** Ito sa literal ay "kahit na" (cf. NKJV at NJB). Iyon ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na ipinagpapalagay na tunay mula sa pananaw ng may-akda o para sa kaniyang pampanitikang mga layunin. Maaring iniisip ni Pedro na ang iba ay tumakas, ngunit siya ay hindi!

▣ **"'ngunit'"** Ito ay ang malakas na KASALUNGAT na *alla*. Si Pedro ay gumagawa ng mariing salaysay na hindi niya kailanman iiwan si Hesus (cf. Lucas 22:33; Juan 13:37-38). Ipinahayag ni Pedro sa madla ang isang katapatang hindi niya magagawa, hindi niya kayang gawin! Ang kaniyang pagnanais ay nalampasan ang kaniyang kakayahan!

**14:30 "sa gabi ring ito, bago tumilaok ang manok ng makalawa, ay ikakaila mo akong makaitlo"** Ang "ikaw, mismo" ay pagbibigay-diin! Ito ay isang PANGHINANARAP NA PANGGITNANG MAY PAHIWATIG. Lucas's salaysay ay longer (cf. 22:31-34). Ang detalye na ang tandang ay tumilaok ng dalawang beses ay isang alaala ng saksing si Pedro. Iyon ay nakatala lamang sa Ebanghelyo ni Marcos.

**14:31**
**NASB "nagmatigas siya na sinabi"**
**NKJV "nagwika nang mas masidhi"**
**NRSV "nagsabi nang masidhi"**
**TEV "sumagot nang mas lalong malakas"**
**NJB "inuulit nang lalong masigasig"**

Ang terminong ito (*perisseia*) para sa kalabisan o sukdulang antas ay ginamit na kadalasang sa iba't-ibang anyo nito sa NT (cf. Mateo 5:20; 27:23; Mga Gawa 26:11; taga-Filipos 1:9; I taga-Thesalonica 4:1). Ang pinasidhing anyo na may kasamang *ek* na pang-ukol na panlapi ay matatagpuan lamang sa Marcos. Iyon ay maaaring mula kay Pedro mismo! Naalala niya kung gaano katindi ang kaniyang pagtanggi!

▣ **"'*Kahit na*'"** Ito ay isang PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na nangangahulugan ng maaaring pagkilos. Sa literal, "kahit na kailangang mangyari ito."

▣ **"'hindi kita ikakaila'"** Totoong naramdaman ito ni Pedro. Sa lahat ng kaniyang puso at lakas ng kagustuhan, siya ay nagpasyang manindigan kay Hesus! Gaya ng pagganap na himukin ang mga sumunod ng mga mananampalataya, sa mga kasalanan ni David at nang lumanong kapatawaran, gayun din, ang mga pangangatuwiran ang kabiguan ni Pedro. Ang mga makasalanan, mahinang mga tao sa pagnanais na gumawa ng tamang bagay (cf. taga-Roma 7), kanilang napagtatanto ang kanilang kawalang kakayahan! Kayang makitungo ni Hesus sa ating kabiguan, ngunit hindi sa kawalang pananampalatayang walang pagsisisi.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 14:32-42**

[32]At nagsirating sila sa isang dako na tinatawag na Getsemani: at sinabi niya sa kaniyang mga alagad, Magsiupo kayo rito, samantalang ako ay nananalangin. [33]At kaniyang isinama si Pedro at si Santiago at si Juan, at nagpasimulang nagtakang totoo, at namanglaw na mainam. [34]At sinabi niya sa kanila, Namamanglaw na lubha ang aking kaluluwa, hanggang sa kamatayan: mangatira kayo rito, at mangagpuyat. [35]At lumakad siya sa dako pa roon, at nagpatirapa sa lupa, at idinalangin na, kung mangyayari, ay makalampas sa kaniya ang oras. [36]At kaniyang sinabi, Abba, Ama, may pangyayari sa iyo ang lahat ng mga bagay; ilayo mo sa akin ang sarong ito: gayon man ay hindi ang ayon sa ibig ko, kundi ang ayon sa ibig mo. [37]At siya ay lumapit, at naratnang sila ay nangatutulog, at sinabi kay Pedro, Simon, natutulog ka baga? hindi ka makapagpuyat ng isang oras? [38]Kayo ay mangagpuyat at magsipanalangin, upang huwag kayong magsipasok sa tukso: ang espiritu sa katotohanan ay may ibig, datapuwat mahina ang laman. [39]At muli siyang umalis, at nanalangin, na sinabi ang gayon ding mga salita. [40]At muli siyang nagbalik, at naratnang sila ay nangatutulog, sapagkat nangabibigatang totoo ang kanilang mga mata; at wala silang maalamang sa kaniya ay isagot. [41]At lumapit siyang bilang ikatlo, at sinabi sa kanila, Mangatulog na kayo, at mangagpahinga: sukat na; dumating na ang oras; narito, ang Anak ng tao ay ipagkakanulo sa mga kamay ng mga makasalanan. [42]Magsitindig kayo, hayo na tayo: narito, malapit na ang nagkakanulo sa akin.**

**14:32 "Getsemani"** "Getsemani" ay nangangahulugang "pagpiga sa langis" sa Hebreo. Iyon ay tila isang pribadong hardin na nasa labas lamang ng hangganan ng lungsod ng Herusalem sa Bundok ng mga Olibo. Iyon ay ipinagbabawal na magkaroon ng mga hardin sa loob ng lungsod dahil ang pataba na kinakailangan para sa mga halaman ay ginagawang madumi ang lungsod sa seremoniya. Tila madalas na pumupunta sa harding ito si Hesus. Iyon ay maaari na sa panahon ng Linggo ng Pagdurusa, Siya nanirahan dito kasaman ang Kaniyang mga alagad. Alam na alam ni Hudas ang lugar na ito.

▣ **"'Magsiupo kayo rito, samantalang ako ay nananalangin'"** Sa mga kaagapay sa Mateo 26:41 at Lucas 22:40 sinabihan sila ni Hesus na manalangain upang hindi sila pumasok sa pagkatukso.

**14:33 "kaniyang isinama si Pedro at si Santiago at si Juan"** Ito ang panloob na pangkat ng pamumuno sa mga alagad. Sila ay kasama ni Hesus maraming natatanging mga pagkakataon na hindi nila kasama ang ibang alagad. Tila ito ay nagbunga sa kapwa natatanging pagsasanay at paninibugho sa bahagi ng ibang mga alagad. Ang tiyak na dahilan kung bakit si Hesus ay may panloob na pangkat ay hindi matukoy. Ang talaan ng Labindalawa ay palaging apat na mga pangkat ng tatlo. Ang mga pangkat ay hindi nabago. Iyon ay maaari na ang mga pangkat ay bumubuo ng isang nagpapalitang takda para sa mga alagad na uuwi ng tahanan itinakdang panahon at pangtingin sa kanilang mga pamilya. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 3:16.

▣

**NASB "nagpasimulang nagtakang totoo, at namanglaw na mainam"**
**NKJV "siya ay nagsimulang maguluhan at labis na mabalisa"**
**NRSV "nagsimulang mabalisa at maguluhan"**
**TEV "ang pagkabalisa at hapis ay dumating sa kaniya"**
**NJB "siya ay nagsimulang makaramdam ng pagkatakot at hapis"**

Hesus ay nasa isang malalim na kalagayan ng pagkabalisa! Ang mga ito ay malakas na mga termino sa Griyego. Bilang mga makabagong mambabasa, tayo ay nasa napakabanal na dako dito sa hardin habang nakikita natin ang Anak ng Diyos sa Kaniyang pinakamahinang pantaong kalagayan. Inugnay ni Hesus ay inugnay ang talang ito sa Kaniyang mga alagad pagkatapos ng Kaniyang muling pagkabuhay. Tila iyon ay nilalayong makatulong para sa kanilang nakakaharap ng panunukso at para sa kanilang naghahanap upang maunawaan ang paghihirap at halaga ng karanasan sa Kalbaryo ni Hesus.

▣ **"'Namamanglaw na lubha ang aking kaluluwa, hanggang sa kamatayan'"** Ito ay isang kataka-takang pagbibigay-diin na pahayag ng malasakit, takot, at pighati sa bahagi ni Hesus. Bagamat ang teksto mismo ay hindi nagtakda ng dahilan, ang tila kinakatakot ni Hesus ay ang pagkaputol ng pinakamalapit na pakikisama na palagi Niyang nalalaman kasama ng Ama. Ito ay makikilala sa mga salita ni Hesus sa 15:34. Ito ay isang pinaka-pantaong kalagayan na pinahintulot nating makita sa pakikibaka sa pananampalataya ni Hesus.

Ito ay isang wikain sa Lumang Tipan (cf. Mga Awit 42:5) na nagpapahayag ng nakakasindak na katindihan na kinapapalooban ng katubusan ng makasalanang sangkatauhan. Ang lahat ng Awit 42 ay nagpapakilala ng karanasan pagtanggit at kamatayan ni Hesus gaya ng Awit 22. Ang ilan sa pakikibak ay makikita sa kaagapay na Lucas 22:43-44 (bagaman ang UBS[4] ay binibigyan ng antas na "A" kanilang hindi pagsama [may katiyakan]), na tinala na ang isang anghel ay dumating upang paglingkuran Siya at tumulo ang maraming dugo sa Kaniya. Ang tagumpay laban sa kasamaan ay nakamit dito sa hardin. Ang katusuhan ng panunukso ni Satanas sa Mateo 4 at ng inaasahang pagtulong ni Pedro, ngunit lubhang mapangwasak, ang mga puna sa Mateo 16:22, ay lubusang inihayag sa mga talatang ito.

▣ **"'mangatira kayo rito, at mangagpuyat'"** Ito ay isang AORIST GANAP NA PAUTOS na sinusundan ng isang PANGKASALUKUYANG GANAP NA PAUTOS. Sila ay nasa tungkuling ng pagbabantay, magmatyag para kay Hudas at ang katakot-takot na tao, ngunit sila ay nakatulog!

**14:35 "nagpatirapa sa lupa, at idinalangin"** Ang mga ito ay dalawang MGA DI-GANAP. Kadalasan ang panahunang ito ay nangangahulugan ng nagpapatuloy na pagkilos sa nakalipas na panahon, ngunit iyon ay maliwanag na hindi iyon ang kahulugan idto. Ang iba pang karaniwang paggamit ng panahunan ng Griyegong pandiwang ito ay ang pasimula ng isang pagkilos sa nakalipas na panahon. Ang pananalangin nang nakatirapa ay nagpapakita ng masindhing damdamin.

**14:35 "'kung mangyayari'"** Ito ay isang UNANG URING MAY PASUBALI, na ipinagpapalagay na totoo na mula sa pananaw ng may-akda. Nalalaman ni Hesus na may kakayahang gawin ni YHWH ang anumang bagay (cf. v. 36, "may pangyayari sa iyo ang lahat ng mga bagay!").

▣ **"ang oras"**

## NATATANGING PAKSA: ANG ORAS (THE HOUR)

Ang salita "oras" ay ginamit sa ilang magkakaibang mga kaparaanan sa mga Ebanghelyo, gaya ng

1. isang panahong pantukoy (cf. Mateo 8:13; Lucas 7:21; Juan 11:9)
2. isang talinghaga para sa isang panahon ng pagsubok at pag-uusig (cf. Mateo 10:19; Marcos 13:11; Lucas 12:12)
3. isang talinghaga para kay Hesus para sa Kanyang panimulang ministeryo (cf. Juan 2:4; 4:23)
4. isang talinghaga para sa araw ng paghuhukom (i.e., Pangalawang Pagparito, cf. Mateo 24:36,44; 25:13; Marcos 13:32; Juan 5:25,28)
5. isang talinghaga para sa pagpapakasakit ni Hesus (cf. Mateo 26:45; Marcos 14:35,41; Juan 7:30; 8:20; 12:23,27; 13:1; 16:32; 17:1)

▣ **"makalampas sa kaniya ang oras"** Ito ay isang AORIST GANAP NA MAY PASAKALI. Si Hesus ay nagpapahayag na si YHWH ay may kakayahang gawin ang anumang bagay at si Hesus ay umaasang Siya ay maaaring makaligtas sa krus (cf. v. 36). Ito mismo ang panunukso ni Satanas sa ilang, cf. James Stewart, *The Life and Teaching of Jesus Christ*, pp.39-46). Mula sa Mateo 26:39,42 at 44 at Marcos 14:39 at 41 malalaman natin na si Hesus ay nanalangin ng ganitong panalanging tatlong beses, na isang Hudyong paraan ng pagpapakita ng kasidhian.

**14:36 "'Abba'"** Ito ay Aramaiko para sa kilalang termino sa pagtawag ng mga bata sa kanilang mga ama sa tahanan, tatay, itay, tay, papa, atbp. Nalalaman ni Hesus ang pampamilyang pagiging malapit kay YHWH (cf. Mga Hebreo 1:2; 3:6; 5:8; 7:28). Ang Kaniyang kamatayan ang magkakaloob ng pagiging malapit Niya sa atin.

Ang kontekstong ito ang tanging pagkakataon na ginamit ang Aramaikong salitang *Abba* (i.e., sa Griyegong teksto) ni Hesus. Inihayag ni Hesus ang masidhing pakikibaka na Kaniya kinaharap sa pagkakataon ito ng makalamang panunukso (i.e., inilarawan Niya ang Kaniyang mga masidhing damdamin; Siya ay nagpatirapa; Siya ay nanalangin nang tatlong beses). Kaniyang ibinuhos sa pagkakataong mabago ang kaisipan ng Ama tungkol sa Kalbaryo. Tinawag Niya si YHWH sa pinakamalapit na pampamilyang termino! Ngunit ang bawat panalangin ay nagwakas pa rin sa "hindi ang aking kalooban, ngunit ang sa Iyo." Ipinahayag ng Diyos Ama ang Kaniyang pag-ibig para sa nalugmok na sangkatauhan sa pamamagitan ng hindi pagtugod sa ipinahayag na kalooban ni Hesus. Mayroong pangangailangan sa isang pangwakas na pag-aalay para sa kasalanan, ngunit iyon ay hindi madali o walang dakilang halaga, sa damdamin at sa pisikal, para kay Hesus at para sa Ama!

Kilala tayo ni Hesus dahil Siya nalalaman niya ang lahat ng mga panunukso sa sangkatauhan (ngunit walang kasalanan). Ang pagkatakot at pagkasindak at kawalang-pag-asa at pagkabigo ay **hindi** kasalanan! Ang tagumpay nakamtan sa Getsemani.

▣ **"'Ama'"** Ang Ebanghelyo ng Marcos ay kadalasang ay gumagamit ng Aramaikong mga salita at mga parirala (cf. 3:17; 5:41; 7:34; 14:36;15:34). Ang Aramaiko ay maaaring ang sinasalitang wika ni Hesus at ng mga alagad. Isinasalit ni Marcos ang mga ito, na nagpapakita na siya ay hindi sumusulat para sa Hudyong mga mambabasa, ngunit Hentil na mga mambabasa, maaaring taga-Roma dahil sa lahat ng Latin na mga termino at mga parirala ay matatagpuan sa Marcos. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ama sa 13:32.

▣ **"'sarong ito'"** Ito ay isang OT talinghaga para sa kahihinatnan ng isang tao (cf. Mga Awit 16:5; 23:5; Jeremias 51:2; Mateo 20:22). Iyon ay kadalasang ginamit sa isang pangkahatulang (i.e., negatibo) kaunawaan (cf. Mga Awit 11:6; 75:8; Isaias 51:17,22; Jeremias 25:15-16,27-28; 49:12; Panaghoy 4:21; Ezekiel 23:31-33; Habakkuk 2:16). Ang wikaing ito ay kadalasang maiuugnay sa kalasingan, na isa pang OT talinghaga para sa kahatulan (cf. Job 21:20; Isaias 29:9; 63:6; Jeremias 25:15-16,27-28). Nais ni Hesus na makawala! Ang pagkatakot ay hindi kasalanan. Kaniyang hinarap ang

pagkatakot ng pananampalataya; kaya kailangan din natin!

▣ **"'gayon man ay hindi ang ayon sa ibig ko, kundi ang ayon sa ibig mo'"** Ang MGA PANGHALIP "ko" at "mo" ay ang MARIING KALAGAYAN sa Griyego. Ito ay ang nagpapatuloy ng pagpapasakop ni Hesus sa kalooban ng Ama. Sa kontekstong ito ang tunay na pagkatao at pananampalataya ni Hesus ay nagniningning! Sa pamamagitan ng Kaniyang pantaong kalikasan ay umiiyak para sa pagpapalaya, ang Kaniyang puso ay nakatakda sa pagtupad ng kalooban ng Ama sa panghaliling katubusan (cf. 10:45; Mateo 26:39).

**14:37,40 "naratnang sila ay nangatutulog"** Ang mga alagad na ito ay nakatulog din sa panahon ng Pagpapalit-anyo (cf. Mateo 26:43 at Lucas 9:32). Sila ay hindi masama o walang pagpapahalaga, ngunit tao! Bago tayo magmadaling sumpain ang mga alagad, ating dapat malaman na sa Lucas 22:45 ang pariralang "sila ay nangakatulog mula sa pighati" na hindi nila kayang kabakahin ang bigat ng propesiya ni Hesus tungkol sa Kaniyang sariling kamatayan at kanilang kinalaunang paghiwa-hiwalay. Bagaman nagnanais si Hesus ng pantaong pakikisama at pamamagitan sa oras na ito ng pangwakas na krisis sa Kaniyang buhay, kailangan Niyang harapin ang sandaling ito nang mag-isa, at haharapin Niya ito para sa lahat ng mga mananampalataya!

**14:37 "'Simon'"** Ito ang tanging panahon na tinawag siya ni Hesus sa panganlang "Simon" simula nang bigyan siya ng ibang pangalan sa 3:16. Ang bato (i.e., Pedro) ay anumang bagay na palagian, tiyak, at mapagkakatiwalaan. Naalala ni Pedro ang ganitong "pagpaliktad" ng pagbabago sa pangalan na may malaking kalungkutan. Ako ay tiyak na nakuha niya ang mensahe!

**14:38 "'Kayo ay mangagpuyat at magsipanalangin'"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG GANAP NA PAUTOS at isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG (deponent) PAUTOS. Ang sumusunod na konteksto ay inihahayag ang kaaway.

▣ **"'upang huwag kayong magsipasok sa tukso'"** Mayroong maraming mga teoriya sa kung ano ang "tukso" na tinutukoy sa kontekstong ito:

1. kagyat na propesiya ni Hesus sa v. 27
2. sa mga alagad na natutulog sa halip na manalangin, vv. 37,40
3. sa pagtakas ng mga alagad ni Hesus sa v. 56
4. sa pagkakaila ni Pedro sa vv. 69-75
5. sa pampamahalaan o pang-relihiyong mga pag-uusig (cf. Mateo 5:10-12; Juan 9:22; 16:2)

Ang terminong "panunukso" (*peirasmos*) ay may kahulugang "tuksuhin o subukan sa layunin ng pagkawakas" (cf. Mateo 6:13; Lucas 11:4; Santiago 1:13). Iyon ay kadalasang pinag-iiba sa isa pang Griyegong termino para sa pagsubok (*dokimazo*) na ang kahulugan ng "subukin o tuksuhin sa isang pananaw patungo sa pagpapatibay." Gayunman, ang mga kahulugang ito ay hindi palaging makikita sa bawat konteksto. Sa teolohiya, masasaming ang Diyos ay hindi susubukin o tutuksuhin ang Kaniyang mga anak upang wasakin sila, ngunit Siya ay nagkakaloob ng mga pagkakataon para sa espiritwal na paglago sa pamamagitan ng mga pag-uusig (cf. Genesis 22:1; Exodo 16:4; 20:20; Duet. 8:2,16; Mateo 4; Lucas 4; Mga Hebreo 5:8). Gayunman, Siya ay palaging nagkakaloob upang makaalpas (cf. I taga-Corinto 10:13). Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Griyegong Termino para sa Pagsusulit sa 1:13.

▣ **"'ang espiritu ay may ibig, datapuwat mahina ang laman'"** Ito ay maaaring isang pagpuna sa mga salita ni Pedro at ang iba pang mga alagad sa vv. 29,31. Nauunawaan nang lubusan ni Hesus ang tensyong ito (cf. v. 36).

Ang paggamit ng "espiritu" na may kaugnayan sa pantaong espiritu ng sangkatauhan ay nagpapahayag ng ating panloob na buhay at mga kaisipan (cf. Mga Awit 51:10,12,17). Sa mga sulat ni Pablo, ang "espiritu" ay kadalasang pinag-iiba sa "laman" (cf. taga-Roma 8:1-11).

**14:40 "wala silang maalamang sa kaniya ay isagot"** Sila ay walang maipaliwanag na dahilan (cf. 9:6) maliban sa kahinaan ng laman (cf. Lucas 9:32).

**14:41 "'Mangatulog na kayo, at mangagpahinga'"** Mahirap ipaliwanag ang ganitong Griyegong wikain. Ito ba ay isang katanungan? Ito ba ay kabalintunaan? Ito ba ay isang pahayag? Bagamat ang kahulugan ay di-tiyak, iyon ay maliwanag na natamo ni Hesus ang tagumpay at Siya ngayon ay nakatindig, handang harapin ang gabi ng pag-uusig, ang mga hagupit sa umaga at ang pagpapapako sa krus.

▣ **"sukat na"** Ang terminong ito ay nagdulot ng maraming pang-eskribang mga pagbabago sa tradisyon ng Griyegong manuskrito. Ang parirala bang ito ay tumutukoy sa pagtulog ng mga alagad? Iyon ay maaaring isaling (1) "iyon ay sapat"; (2) "iyon ay naayos na"; o (3) "iyon ay tapos na" (cf. NJB "iyong lahat ay natapos na"). Iyon ay ginamit sa Koine Griyegong papyri na matatagpuan sa Ehipto na isang bagay na binayaran nang buo (cf. Moulton at Milligan, *The Vocabulary of the Greek New Testament*, pp. 57-58). Ito, kung gayon, ay magiging isang kaagapay ng Juan 19:30, "iyon ay tapos na" o "iyon ay nabayaran nang buo." Marahil iyon ay tumutukoy kay Hudas at kaniyang pagkakanulo, naging kabigatan kay Hesus. Nakamit ni Hesus ang espirituwal na tagumpay sa Getsemani!

**14:41c-42** Ang mga ito na estokatong mga pahayag ay binigyang-diin na walang MGA PANGATNIG o MGA PANG-UGNAY (*asyndeton*) sa pagitan nila. Ang mga pangyayari ay naganap tulad ng hula ni Hesus. Ang oras ay dumating na.

▣ **"dumating na ang oras"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa 14:35.

▣ **"'nagkakanulo'"** Ang terminong ito (*paradidōmi*) karaniwan ay nangangahulugang "ipinadala sa mga kamay ng" (cf. 9:31), ngunit ang kaugnayan nito kay Hudas sa karamihan ng mga Ingles na salin ang nagpapatindi ng kahulugan ng "nagkakanulo." Tingnan ang mas buong tala sa 14:10d.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 14:43-50

**[43]At pagdaka, samantalang nagsasalita pa siya, ay dumating si Hudas, na isa sa labingdalawa, at kasama niya ang isang karamihang may mga tabak at mga panghampas, na mula sa mga pangulong saserdote at sa mga eskriba at sa matatanda. [44]Ang nagkanulo nga sa kaniya ay nagbigay sa kanila ng isang hudyat, na sinasabi, Ang aking hagkan, ay yaon nga; hulihin ninyo siya, at dalhin niyo siya na may nagbabantay. [45]At nang dumating siya, pagdaka'y lumapit siya sa kaniya, at nagsabi, Rabi; at siya ay hinagkan. [46]At siya ay sinunggaban nila, at siya ay kanilang dinakip. [47]Datapuwat isa sa nangaroon ay nagbunot ng kaniyang tabak, at sinugatan ang alipin ng mataas na saserdote, at tinigpas ang kaniyang tainga. [48]At sumagot si Hesus at sinabi sa kanila, Kayo baga'y nagsilabas, na parang laban sa isang tulisan, na may mga tabak at mga panghampas upang dakpin ako? [49]Araw-araw ay kasama ninyo ako sa templo, na nagtuturo at hindi ninyo ako hinuli: ngunit nangyari ito upang matupad ang mga kasulatan. [50]At iniwan siya ng lahat, at nagsitakas.**

**14:43 "At pagdaka"** Tingnan ang tala sa 1:10.

▣ **"isang karamihan"** Ang Juan 18:3,12 ay sinasabing isang Romanong pulutong ang nandoon. Ang Lucas 22:52 ay sinasabing mga kinatawan mula sa Sanhedrin ang karamihan ng tao, na nagpapahiwatig ng mga tagabantay ng templo. Ang dahilan para napakaraming mga sundalo ay dahil iyon ay kapanahunan ng Paskwa at ang mga awtoridad ay takod sa isang kaguluhan (cf. 14:2; Mateo 26:5; 27:24).

▣ **"mga tabak at mga panghampas"** Ang terminong ito na "mga tabak" ay tumutukoy sa maikling mga espada na sinusugbit ng mga sundalong Romano sa sa kanilang sinturon. Ang mga "pamalo" ay tumutukoy sa partikular na mga sandata ng mga taga-bantay ng templo.

▣ **"mga pangulong saserdote at sa mga eskriba at sa matatanda"** Ito ay tumutukoy sa Sanhedrin. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 12:13.

**14:44 "hulihin Siya"** Ito ay isang AORIST GANAP NA PAUTOS.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NRSV, TEV** | **"dalhin niyo siya na may nagbabantay"** |
| **NKJV** | **"dalhin ninyo siyang maingat"** |
| **NJB** | **"tingnan niyo na bantay-sarado siya sa paglayo"** |

Ito ay ang Griyegong termino *sphallomai* ("mahulog o matisod") na may ALPHA PRIVATIVE, na sinasalungat iyon. Ang terminong ito ay matalinghagang na "maging tiyak, matibay, matatag." Si Hudas ay natatakot na si Hesus ay may gagawin upang pigilan ang Kaniyang pagdakip. Ito ang naghahayag ng pagkatako ni Hudas. Kaniyang nakita ang mga ginawang himal ni Hesus at nalalaman ang Kaniyang kapangyarihan.

**14:45 "nagsabi, Rabi; at siya'y hinagkan"** Ang paghalik sa pisngi o noo ay normal na pagbati sa kulturang ito (lalo na sa pagitan ng mga rabbi). Basahin ang puna ni Hesus sa mga pakilos ni Hudas sa Mateo 26:50; Lucas 22:48. Ang tandang ito ay pagpapakita para sa mga Romanong sundalo dahil ang taga-bantay ng templo ay nakikilala si Hesus.

**14:47 "Datapuwat isa sa nangaroon ay nagbunot ng kaniyang tabak"** Mula sa kaagapay sa Juan 18:10 at Lucas 22:50-51, nalalaman natin na ito ay si Pedro at ang lingkod na nasugatan ay si Malcho. Ang mga alagad ay sinabihan dati na bumili ng mga tabak (cf. Lucas 22:36-38), ngunit maliwanag na, sila ay may di-pagkakaunawa kay Hesus sa tunay na kahulugan patungkol sa isyung ito. Iyon ay kailangang sabihin saganang kay Pedro na siya ay nakahandang lubos na mamatay para sa kaniyang Panginoon sa puntong ito. Upang makaharap ang ginitong pangyayari, kaniyang inilabasa ang isa sa dalawang mga tabak. Ngunit, muli, ang di-pagkakaakma at pabigla-bigla ng kaniyang mga pagkilos ay nagpapakilala sa kanilang katauhan.

▣ **"ang alipin ng mataas na saserdote"** Ang Juan 18:10 ay pinangalanan siyang Malcho.

▣ **"tinigpas ang kaniyang tainga"** Sa Lucas 22:51, binalik ito ni Hesus!

**14:48**
**NASB, NKJV "isang tulisan"**
**NRSV, NJB "isang mandarambong"**
**TEV "isang kriminal"**

Itinuturing nila bilang kriminal si Hesus hindi isang lapagtangan sa Diyos. Ginagawa nila kay Hesus kung ano ang dapat nilang gawin kay Barrabas (kung saan parehong salitang ang ginamit, cf. Juan 18:40).

**14:49 "'Araw-araw ay kasama ninyo ako sa templo, na nagtuturo'"** Ito ay pinatungkol sa Sanhedrin o taga-bantay ng templo. Inihayag ni Hesus ang kanilang lihim na adyenda.

▣ **"'ngunit nangyari ito upang matupad ang mga kasulatan'"** Sa v. 50, "lahat ng Kaniyang mga alagad ay iniwan Siya" (cf. 14:27, na sinipi ang Zacarias 13:7 at Mateo 26:31). Ang sinuman ay gustong malaman kung papaano umaakma ang Juan 18:15-16 sa propesiyang ito. Si Juan ay tila sinamahan si Hesus sa panahon ng mga pag-uusig at nandoon sa pagpapapako sa krus (cf. Juan 19:26-27).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 14:51-52

**[51]At sinundan siya ng isang binata, na nababalot ng isang kumot ang katawan niyang hubo't hubad: at hinawakan nila siya; [52]Datapuwat kaniyang binitiwan ang kumot, at tumakas na hubo't hubad.**

**14:51-52 "binata. . . na nababalot ng isang kumot ang katawan niyang hubo't hubad"** Ang tradisyon ng iglesiya ay sinasabing ito ay si Juan Marcos, ang tagatala ng Ebanghelyong ito. Siya ay isa sa mga naunang kasamahan sa misyon ng ng kaniyang tito, si Bernabe (cf. Mga Gawa 12:25), at Saul (Pablo) ng Tarsus. Ang tradisyon ay mariing ipinapahayag na siya ang tagasulat sa mga pag-alaala ni Pedro sa buhay ni Hesus (i.e., ang Ebanghelyo ng Marcos). Ang tradisyon gayundin ay sinasabing naganap ang Huling Hapunan sa kaniyang tahanan (cf. Mga Gawa 12:12).

Iyon ay di-tiyak kung bakit siya ay nakabihis ng ganito. Marahil siya ay sinabihan habang natutulog na Hesus ay nasa proseso ng pagkakadakop o maaaring siya sinubukan niyang manaliting malapit kay Hesus at sa mga alagad at natutulog na malapit sa hardin.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 14:53-65

**[53]At dinala nila si Hesus sa mataas na saserdote: at nangagpipisan sa kaniya ang lahat ng mga pangulong saserdote at ang matatanda at ang mga eskriba. [54]At si Pedro ay sumunod sa kaniya sa malayo, hanggang sa loob ng looban ng mataas na saserdote; at nakiumpok siya sa mga punong kawal, at nagpapainit sa ningas ng apoy. [55]Ang mga pangulong saserdote nga at ang buong Sanedrin ay nagsisihanap ng patotoo laban kay Hesus upang siya ay ipapatay; at hindi nangasumpungan. [56]Sapagkat marami ang nagsisaksi ng kasinungalingan laban sa kaniya, at ang kanilang mga patotoo ay hindi nangagkatugma. [57]At nagsipagtindig ang ilan, at nagsisaksi ng kasinungalingan laban sa kaniya, na sinasabi, [58]Narinig naming sinabi niya, Aking igigiba ang templong ito na gawa ng mga kamay, at sa loob ng tatlong araw ay itatayo ko ang ibang hindi gawa ng mga kamay. [59]At kahit sa papagayon man ay hindi rin nangagkatugma ang patotoo nila. [60]At nagtindig sa gitna ang mataas na saserdote, at tinanong si Hesus na sinabi, Hindi ka sumasagot ng anoman? ano ang sinasaksihan ng mga ito laban sa iyo? [61]Datapuwat siya ay hindi umiimik, at walang isinagot. Tinanong siyang muli ng mataas na saserdote, at sinabi sa kaniya, Ikaw baga ang Kristo, ang Anak ng Mapalad? [62]At sinabi ni Hesus, Ako nga; at makikita ninyo ang Anak ng tao na nakaupo sa kanan ng Makapangyarihan, at pumaparito na nasa mga alapaap ng langit. [63]At hinapak ng mataas na saserdote ang kaniyang mga damit, at nagsabi, Ano pang kailangan natin ng mga saksi? [64]Narinig ninyo ang kapusungan: ano sa akala ninyo? At hinatulan nilang lahat na siya ay dapat mamatay. [65]At pinasimulang luraan siya ng ilan, at tinakpan ang kaniyang mukha, at siya ay pinagsusuntok, at sa kaniya ay kanilang sinasabi, Hulaan mo: at siya ay pinagsusuntok ng mga punong kawal.**

**14:53 "dinala nila si Hesus sa mataas na saserdote"** Ang Juan 18:13a ay binabanggit si Annas, ngunit si Caiaphas ang Punong Saserdote mula sa A.D. 18-36 (cf. Mateo 26:57). Ang Sinoptikong mga Ebanghelyo ay hindi tinala ang pagtatanong ni Annas. Siya ang dating Punong Saserdote at ang tunay ngang kapangyarihan sa likod ng tanggapan (cf. Juan 18:13b).

▣ **"lahat ng mga pangulong saserdote at ang matatanda at ang mga eskriba"** Ang pariralang ito ay ginamit upang italaga ang Mataas na Konseho, ang Sanhedrin (cf. 55). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 12:13.

**14:54** Ang talatang ito ang nagtatakda ng kaganapan para sa mga pagkakaila ni Pedro sa patyo. Si Pedro ay hindi

makalayo, ngunit hindi ibig/ ayaw makilalang kasaman ni Hesus.  Anong kabalintunaan!

▣
**NASB** **"nakiumpok siya sa mga punong kawal"**
**NKJV** **"nakiupo siya kasama ang mga lingkod"**
**NRSV** **"siya ay umupo kasama ang mga bantay"**
**TEV** **"siya ay nakiumpok kasama ang mga bantay"**
**NJB** **"ay umupo kasama ang mga naglilingkod"**

Ito ay isang PAIKOT-IKOT DI-GANAP NA PANGGITNANG (deponent) PANDIWARI.  Iyon ay tila nagpapahiwatig na sinubukan ni Pedro na kumilos tulad ng isa sa mga alipin/mga tagapaglingkod. Nais niyang maihalo sa pangkat, ngunit ang liwanag sa kaniyang mukha at ang Galileong punto ang nagpahiwalay sa kaniya. Lubos na naaalala ni Pedro ang gabing ito!

**14:55** Ito ay hindi isang paglilitis na ayon sa batas; iyon ay isang pakunwaring paglilitis (cf. A. N. Sherwin-White, *Roman Society and Roman Law of The New Testament*, pp. 24-47).

**14:56 "Sapagkat marami ang nagsisaksi ng kasinungalingan laban sa kaniya"** Ang DI-GANAP NA PANAHUNAN (sa talatang ito ng dalawang beses at sa vv. 57 at 59) ay nagpapakita ng inuulit na pagtatangka sa bulaang mga patotoo, ngunit walang dalawa ang magkatugma. Ito ay isang parada ng mga masasamang sinungaling!

▣ **"ang kanilang mga patotoo ay hindi nangagkatugma"** Sa OT, kailangan ng patotoo ng dalawang saksi upang humatol (cf. Deuteronomyo 17:6; 19:15). Gayundin, sa OT, kung ang isang tao ay nagdala ng bulaang saksi, sila ang magdadala ng kaparusahan ng sinasakdal.

**14:58 "'Aking igigiba ang templong ito'"** Ang talatang ito ay isang mabuting halimbawa tungkol sa paggamit ni Hesus ng mga talinghaga upang ilarawan ng mga susunod na pangyayari. Ang salitang "templo" ay kumakatawan sa dalawang mga bagay at dalawang balangkas ng panahon.

1. Ang katawan ni Hesus (cf. Juan 2:19-22) na napako sa Krus, ngunit muling nabuhay sa loob ng tatlong araw (i.e., ang tanda ni Jonah, cf. Mateo 12:39-40; Lucas 11:29-32).  Ito ay naganap sa loob ng mga oras.
2. Ang templo ni Herodas sa Herusalem ay mawawasak ng mga Romano sa A.D. 70 at hindi na muling naitayo.  Ito ay isang panghinaharap na kahatulan sa loob ng 40 taon, ngunit iyon ay nagpapakilala ng isang eskatolohiko kahatulan (i.e., II taga-Thesalonica 2; at Pahayag).

Madaling makita kung paano na hindi maunawaan ang panandaliang ngunit eskatolohikong kaharian ni Hesus at etika nito ng mga dogmatiko, maka-kautusang maka-relihiyon, kapwa tanghali at ngayon.

▣ **"'sa loob ng tatlong araw'"** Ang sanggunian sa panahong ito (cf. 8:31; 9:31; 10:34) ay nauugnay sa OT propesiya sa I taga-Corinto 15:3-4.  Ang "tatlong araw" na balangkas ng panahon ay nauugnay kapwa sa isang "bagong templo" at ang bagong muling pagkabuhay ng katawan.  Sinadya ni Hesus na pagsamahin ang dalawang ito.  Ang templo ng bagong panahon ay ang mananampalataya, kapwa pansarili at pagkalahatan (cf. I taga-Corinto 3:16; 6:19).

▣ **"'itatayo ko ang ibang hindi gawa ng mga kamay'"** Ito ay isang kamangha-manghang propesiya ng kamatayan at muling pagkabuhay ni Hesus. Kung ang templo ay sentro sa pagsamba sa OT, ngayon iyon ay magiging si Hesus, ang Kaniyang sarili. Siya ang tinanggihang panulukang-bago! Siya ang bagong pagtuon sa pagsamba!

Siya ay may ang kapangyarihan sa pag-aalay ng Kaniyang sariling buhay at muling pagkuha nito (cf. Juan 10:11,15,17,18).  Siya ang may kapangyarihan sa Kaniyang buhay at kamatayan at muling pagkabuhay.

**14:60 "nagtindig sa gitna ang mataas na saserdote, at tinanong"** Ang Punong Saserdote ay sinusubukang si Hesus na idawit ang Kaniyang sarili. Ito ay iligal sa ilalim ng kautusang Hudyo, na ang isang paglilitis sa gabi at isang paglilitis at pagpaparusa sa parehong araw.

**14:61 "siya'y hindi umiimik"** Ito ay maaaring katuparan ng Isaias 53:7 (cf. Mateo 26:63; 27:12-14; Marcos 15:5; Lucas 23:9; Juan 19:9).

▣ **"Tinanong siyang muli ng mataas na saserdote"** Idinadagdag ng Mateo 26:63 na Siya ay inilagay sa ilalim ng isang panunumpa.

▣ **"Kristo"** Ito ay ang Griyegong salin ng Hebreong termino na Mesias na nangangahulugang "isang pinahiran." Sa OT, ang mga propeta, mga saserdote, at mga hari ay pinapahiran ng langis bilang isang natatanging simbolo ng pagpili at pagtataguyod ng Diyos para sa isang itinakdang gawain.  Ang terminong ay ginamit para sa natatanging maharlikang "Anak ni David" (cf. II Samuel 7) na siyang tutubos at magpapanumbalik ng Israel.

▣ **"ang Anak ng Mapalad"** "ang Mapalad" ay isang karaniwang Hudyong titulo (i.e., maligoy na) para sa Diyos. Ang mga Hudyo ay hindi inaasahan ang Mesias na maging ang Diyos na nagkatawang-tao, ngunit isang magaling/may kapangyarihang tao, tulad ng Mga Hukom. Ngunit si Hesus ay ginamit ang pamilyang pakikipag-ugnayan upang ipahayag ang Kaniyang lubusang pagkakapantay sa Ama (cf. Juan 5:18; 10:30,33; at gayundin ang 1:1).

**14:62 "'Ako nga'"** Ito ay maaaring isang pagkabanggit sa pangalan sa OT ng Kasunduang Diyos, si YHWH, na mula sa Hebreong PANDIWA na "maging" (cf. Exodo 3:14; Deuteronomyo 32:39; Isaias 41:4; 43:10; 46:4; Juan 4:26; 8:24,28,58; 13:19; 18:5). Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa pagka-Diyos sa 12:36. Ang napaka-tapat na sagot na ito ay katulad sa Lucas 22:70. Tinala ni Mateo isang mas mahiwagang tugon (cf. Mateo 26:64).

Iyon ay Ebanghelyo ni Marcos na nagpapakilala ng sariling kaunawaan ni Hesus mula pa sa pasimula bilang Anak ng Diyos at Mesias (cf. 1:1). Ang mga demonyo ay nakikilala din Siya at pinagtitibay ito sa kanilang pananalita (cf. 1:24,34; 3:11), ngunit ang mga alagad ay makupag sa pagkaunawa (cf. 8:29) kapwa ang persona at gawain ni Hesus. Sila ay tumitingin pa rin sa pamamagitan ng pang-unang siglo, pang-Hudyong mga mata (gaya ng ginawa ng Punong Saserdote).

▣ **"'makikita ninyo ang Anak ng tao na nakaupo sa kanan ng Makapangyarihan'"** Ito ay isang pagkabanggit sa Mga Awit 110:1. Iyon ay isang antropomorpikong talinghaga para sa ang lugar ng awtoridad. Ang terminong "kapangyarihan" ay isang maligoy na sanggunian kay YHWH. Hesus (i.e., ang Anak ng Tao, cf. 14:21,41,62) ay nagpapahayag sa eskatolohikong mga termino na nauunawaan nila na Siya ang Mesias ni YHWH. Kahit na ang Mga Awit 110:4 ay may isang maka-saserdoteng kahulugan, ang talatang ito ay may isang maharlikang kahulugan (cf. Mga Hebreo 1:3).

Iyon ay kailangang ulitin sa pagkakaunawa ng Punong Saserdote sa tanong ng 14:61 ay naiiba mula sa pagkakaunawa ni Hesus (ang kapwa totoong mga tanong ni Pilato sa kabanata 15). Ang Punong Saserdote ay naunawaan iyon bilang isang banta sa kaniyang kapangyarihan at awtoridad at sa kapangyarihan at awtoridad ng Roma. Ang OT konsepto ng Mesias bilang isang mananakop na Hari ay kapwa ibinahagi sa mga Apostol (cf. Marcos 10:37).

Si Hesus, gayunman, ay nakita ang Kaniyang kaharian bilang panghinaharap at espirituwal (cf. Juan 18:36). Ito ang dahilan kung bakit Niya sinipi ang ang mga skatolohikong talata mula sa Awit 110 at Daniel 7.

Mayroong tiyak na isang kabalintunaan na kinapapalooban ng dalawang pagparito, ang isa bilang pamagpakumbaba, angdurusang lingkod at isa bilang naluwalhating Hari at Hukom. Kapwa ipinapakilala ito sa OT, ngunit ang mga Hudyo ay nakatuon lamang sa ikalawa. Ito ay ang parehong teolohikong pag-iigting bilang Kaharian ng Diyos—pinasinayanan, ngunit hindi pa nalulubos! Iyon ay napakahirap para sa atin na maisip kung gaano kahirap iyon ay para sa Hudyong bayan na maunawaan ang mensahe ni Hesus.

▣ **"'pumaparito na nasa mga alapaap ng langit'"** Ito ay isang sipi mula sa Daniel 7:13. Iyon na isang parirala na nagpapahayag ng pagka-Diyos ni Hesus ay napakaliwanag na mga termino sa OT. Walang isang pumurito sa mga ulap maliban kay YHWH, ngunit ngayon ang Kaniyang "Anak" ay ginagawa din ito (cf. 13:26; Mga Gawa 1:9; Pahayag 1:7).

**14:63 "hinapak ang kaniyang mga damit"** Ito ay isang tanda ng isang malalim na nababalisang espiritu ay nagdulot ng ng inaasahang pamumusong. Ang kaparusahan para sa pamumusong mula sa Levitico 24:15 ay kamatayan sa pamamagitan ng pagbato. Si Hesus ay nararapat na mamatay batay sa Deuteronomyo 13:1-3 at 18:22 kung Siya ay hindi ang Pumarito, ang Mesias, ang Anak ng Diyos, ang Tagapagligtas ng ang mundo. Walang nasa gitna dito. Alinman na Siya ay ang Siya na nag-aangkin nito o Siya ay isang namumusong na nararapat sa kamatayan (cf. Josh McDowell's, *Evidence That Demands a Verdict*).

**14:64 "kapusungan"** Ang pagsasalita ng kasinungalingan tungkol kay YHWH ay nararapat sa kaparusahang kamatayan sa pamamagitan ng pagbato (cf. Levitico 24:14-16).

**14:65 "luraan siya"** Ito ay isang OT simbolo ng pagtanggi (cf. Bilang 12:14; Deuteronomyo 25:9; Job 17:6; 30:10; Isaias 50:6). Ang mga kasapi ng Sanhedrin at mga Romanong sundalo (cf. 15:19) ay dumura kay Hesus.

▣ **"tinakpan ang kaniyang mukha, at siya ay pinagsusuntok, at sa kaniya ay kanilang sinasabi, Hulaan mo"** Piniringan nila Siya at tinanong din, "Sino ang sumuntok sa sa iyo?" Hinahamak ni ang Kaniyang pag-aangki bilang propeta ng Diyos. Ang mga rabbi sa panahon ni Hesus ay naunawaan ang Isaias 11:3 na ang Mesias ay maaaring hatulan sa pang-amoy, hindi lamang sa paningin. Ito ay maaari o maaaring hindi tumutukoy sa pangyayaring ito. Iyon ay tiyakang nauugnay sa Isaias 52:14. Ang mga rabbi ay inuunawa ang talatang ito sa pagsasabing ang Mesias ay may ketong, ngunit sa aking palagay, ito ay tumutukoy sa mga malulubang paghambas ng maraming iba't-ibang pangkat ng mga sundalo.

Maraming Griyegong mga manuskritong ay pinalalawak ang tekstong ito sa Marcos upang ipakilala ang Mateo 26:68 at Lucas 22:64.

▣

**NASB** **"at siya ay pinagsusuntok"**
**NKJV** **"siya ay pinagsasampal ng kanilang palad"**

**NRSV** **"upang hampasin siya"**
**TEV** **"tamaan siya"**
**NJB** **"hagupitin siya"**

Ang salaysay na paglapastangan kay Hesus ay gumagamit ng Griyegong mga terminong *kolaphizō*, na nangangahulugang suntukin ng kamao, at *hrapizō*, na nangangahulugang sampalin ng nakabukang palad (cf. Mateo 26:67). Ang pagsampal ng nakabukang palad ay isang pang-silangang simbolo ng paghamak (cf. Mateo 5:39; Juan 18:22; 19:3). Ang parehong mga termino ay tumutukoy sa "paghampas ng mga pamalo" sa Mga Gawa 16:27.

Kapwa ang Sanhedrin at ang mga Romanong sundalo ay hinamak si Hesus at linapastangan din Siya (cf. Isaias 52:14; 53:4).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 14:66-72

**66At samantalang nasa ibaba si Pedro, sa looban, ay lumapit ang isa sa mga alilang babae ng mataas na saserdote; 67At pagkakita niya kay Pedro na nagpapainit, ay tinitigan niya siya, at sinabi, Ikaw man ay kasama rin ng Nazareno, na si Hesus. 68Datapuwat siya ay kumaila, na sinasabi, Hindi ko nalalaman, ni nauunawa man ang sinasabi mo: at lumabas siya sa portiko; at tumilaok ang manok. 69At nakita siya ng alilang babae, at nagpasimulang magsabing muli sa nangaroroon, Ito ay isa sa kanila. 70Datapuwat muling ikinaila niya. At hindi nalaon, at ang nangaroon ay nangagsabing muli kay Pedro. Sa katotohanang ikaw ay isa sa kanila; sapagkat ikaw ay Galileo. 71Datapuwat siya ay nagpasimulang manungayaw, at manumpa, Hindi ko nakikilala ang taong ito na inyong sinasabi. 72At pagdaka, bilang pangalawa'y tumilaok ang manok. At naalaala ni Pedro ang salitang sinabi ni Hesus sa kaniya, Bago tumilaok ang manok ng makalawa, ay ikakaila mo akong makaitlo. At nang maisip niya ito, ay tumangis siya.**

**14:66 "lumapit ang isa sa mga alilang babae ng mataas na saserdote"** Juan 18:17 ay sinasabing na siya ay tagabantay sa pasukan. Sa Mateo, gaya ng dati, ay may dalawang tao, habang sa Marcos ay may isa lamang na lingkod (cf. Mateo 26:69-71). Naisalaysay ni Pedro ganitong nakakahiyang kuwento kay Juan Marcos o ginamit niya iyon sa kaniyang mga pangangaral sa Roma at narining iyon ni Juan Marcos.

**14:67 "pagkakita niya kay Pedro"** Iyon ay isang kabilugan ng buwan (at Paskwa). Maliwanag niyang nakikita si Pedro sa ilaw ng apoy (cf. vv. 54, 67; Juan 18:18,25) at liwanag ng buwan.

▣ **"Nazareno, na si Hesus"** Ang mga Hudyo na lumaki sa Galilea (cf. Mateo 26:69) ay may isang naiibang punto. Ito ang nag-uugnay kay Hesus sa kaniyang mga alagad (cf. v. 70). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 10:47.

**14:68 "Hindi ko nalalaman, ni nauunawa man ang sinasabi mo"** Ang tiyak na ayos ng tatlong pagpaparatang ay magkakaiba mula sa isang Ebanghelyo sa isa pang Ebanghelyo. Ang katotohanan na ikinaila ni Pedro si Hesus nang tatlong beses na may sunod-sunod na pagbibigay-diin ay karaniwang sa lahat ng mga tala.

▣ **"at lumabas siya sa portiko"** Tila si Pedro ay nagtangkang lumayo. Ang sinaunang Griyegong unsyanong mga manuskritong ay pantay sa pagkakahati kung ang parirala "at ang tandang ay tumilaok" ay dapat maisama sa v. 68 (MSS A, C, D gayundin ang Vulgata, Peshittang mga salin ay isinama iyon, habang א, B, L, at W ay tinanggal iyon). Iyon ay maliwanag na ipinapaliwanag na "ang ikalawang panahon isang cock crowed" sa v. 72. Ang ilang makabagong mga salin (cf. NASB, NIV) ay tinatanggal iyon, ngunit maraming isinasama iyon sa isang tala sa ibaba (cf. NKJV, NRSV, TEV, NJB). Ang UBS[4] ay hindi makapagpasya kung ano ang orihinal.

**14:70 "At hindi nalaon"** Lucas 22:59 ay may "tungkol sa isang oras."

▣ **"Galileo"** Alinman sa wikain ni Pedro o maaaring sa kaniyang kasuutan ang naging kapansin-pansin.

**14:71 "siya'y nagpasimulang manungayaw, at manumpa"** Ang terminong "sumpa" (*anathematizō*) sa orihinal ay tumutukoy sa isang bagay na itinalaga sa Diyos (*anathēma*), ngunit tumutukoy sa isang sumpa (cf. Mga Gawa 23:12,14,21). Iyon ay isang paraan ng nagpapahayag ng pagiging matapat ng isang pahayag sa pamamagitan ng pagtawag sa kahatulan ng Diyos sa sarili kung hindi magsasabi ng katotohanan.

Si Pedro, sa pinakamalakas na pangkulturang paraan (i.e., isang panunumpa at pagsumpa) ay sumumpa mismo sa harapan ng Diyos! Hindi gumawa nang mas masama si Hudas kaysa kay Pedro! Ikinaila ni Pedro ang Kaniyang Panginoon nang paulit-ulit, nagbibigay-diin, at umiiral na mga termino sa madla (cf. Mateo 26:34,74).

## NATATANGING PAKSA: SUMPA (*ANATHEMA*) (CURSE (*ANATHEMA*))

I. OT

Mayroong maraming salita sa Hebreo para sa "sumpa." Ang *Herem* (BDB 356) ay ginamit sa anumang bagay na

ipinagkaloob sa Diyos (cf. LXX bilang *anathema* (BAGD 54), Levitico 27:28), kadalasan para sa pagkawasak (cf. Deuteronomio 7:26; Joshue 6:17-18; 17:12). Ito ay isang salita na ginamit sa konsepto ng "banal digmaan." Sinabi ng Diyos na wasakin ang mga Cananeo at Jericho ay ang unang pagkakataon, ang "unang mga bunga" ng ganitong banal na pagkawasak/paglilinis.

II. NT

Sa NT, ang *anathema* at kanyang mga kaugnay na anyo ay ginamit sa maraming magkakaibang kaunawan:

A. bilang isang kaloob o alay sa Diyos (cf. Lucas 21:5)
B. bilang isang panunumpa sa kamatayan (cf. Gawa 23:14)
C. manumpa at mangako (cf. Marcos 14:71)
D. isang pormula ng sumpa na may kaugnayan kay Hesus (cf. I taga-Corinto 12:3)
E. isang pagkakaloob sa isang tao o isang bagay sa kahatulan o pagwasak ng Diyos (cf. taga-Roma 9:3; I taga-Corinto 16:22; taga-Galacia 1:8-9).

Ang bilang D sa itaas ay napakapinagtatalunan. Isinama ko ang aking mga tala mula 1 taga-Corinto 12:3

"Si Hesus ay sinumpa ay isang nakakagulat na pahayag. Bakit ang sinuman (maliban sa mga tradisyonal na Hudyo) na nag-aangkin na nagsasalita para sa Diyos ay nagsasalita nito? Ang termino (i.e., *anathema*) mismo ay may isang OT na kaligiran (i.e., Hebreo, *herem*). Ito naiuugnay sa konsepto ng Banal na Digmaan, kung saan ang isang lungsod ay matapat sa Diyos at, samakatuwid, ito ay naging banal. Ito ay nangangahulugan na bawat bagay na nadirito na humihinga, tao o hayop, ay mamamatay (cf. Josue 6:17; 7:12). Ang mga teoriya sa kung papaano ginamit ang terminong ito sa Corinto

1. na ito ay may isang Hudyong pinagbatayan na nauugnay sa mga panunumpa sa sinagoga (cf. Mga Gawa 26:11, i.e., pagkatapos, rabbinikong sumpang pormula ay ginamit upang tanggalin ang mga Kristiyano mula sa sinagoga). Upang manatiling isang kasapi, ang isa ay kailangang itanggi o sumpain si Hesus ng Nazareth.
2. na ito ay may isang Romanong binagbatayan na nauugnay sa pagsamba sa Emperador na tanging si Caesar lamang ang tatawaging "Panginoon."
3. na ito ay may isang paganong pagsamba na binagbatayan na kung saan ang mga sumpa ay tinatawag sa mga tao sa pamamagitan ng paggamit ng pangala ng isang diyos. Ito ay maaaring isalin na, "Nawa ay sumpain ka ni Hesus ___ (cf. 16:22).
4. na ang sinuman na inuugnay ang parirala sa teolohikong konsepto na si Hesus ang nagdala ng sumpa sa OT para sa atin (cf. Deuteronomio 21:23; taga-Galacia 3:13).
5. Ang mga kamakailang pag-aaral mula sa Corinto (cf. talababa #1 p. 164 ni Bruce Winter, *After Paul Left Corinth*) ay nadokumento ang mga sumpang tipak na matatagpuan sa sinaunang akropolis sa Corinto. Ang Biblikal na iskolar ay ipinagpalagay na ang nag-uugnay na PANDIWA "ay" ay kailangang ilagay sa parirala, "Si Hesus ay sinumpa," ngunit ang arkeolohikong katibayang ito ay malinaw na nagpapakita na ang mga unang siglong Romanong mga sumpa mula sa Corinto ay walang PANDIWA (na gaya ng ilang mga sumpa sa LXX ng Deuteronomio 22:15-20), na gaya sa v. 3. Mayroon pang karagdagang arkeolohikong katibayan na ang mga Kristiyano sa unang siglong Romanong Corinto ay gumamit ng mga sumpang pormula sa mga mga panglibigang sumpa (i.e., panahon ng Byzantino), na natagpuan sa mga Kristiyanong libingan (J. H. Kent, *The Inscriptions*, 1926-50. Princeton: American School of Classical Studies, 1966, tomo 8:3, no. 644).

Ang ilang bahagi ng iglesiya ay bumabalik sa mga paganong sumpa sa pangalan ni Hesus laban sa ibang miyembro ng iglesiya. Hindi lamang ang paraan ang suliranin, ngunit gayundin ang mapooting layunin. Ito ay isa pang halimbawa ng pag-iigting sa loob ng iglesiyang ito. Nais ni Pablo kanilang patuloy na itayo ang iglesiya, palakasin ang iglesiya. Nais nilang sumpain ang bahagi ng iglesiya!

▣ **"Hindi ko nakikilala ang taong ito"** Ang pariralang ito na "ang taong ito" ay isang mapanirang Semitikong wikain na tumutukoy kay Hesus.

**14:72 "bilang pangalawa'y tumilaok ang manok"** Naalala ni Pedro ang mga salita ni Hesus (cf. Lucas 22:31-32). Ang Lucas 22:61 ay sinasabing tumingin sa kaniya si Hesus. Tila si Hesus ay ikinikilos mula kay Annas patungo kay Caiaphas na bahagi ng palasyon ng Punong Saserdote.

Ang parirala "isang ikalawang panahon" ay tinanggal sa ilang Griyegong mga manuskrito. Ang suliranin na kinaharap ng mga eskribo ay ang iba pa na tatlong mga Ebanghelyo (i.e., Mateo, Lucas at Juan) na tanging binaggit ang isang tandang na tumilaok, habang kay Marcos ay tila may dalawa (cf. MSS A, B, $C^2$, D at W), kay ang ilang mga manuskrito ay tinanggal ang parirala (cf. MSS א, C at L).

▣ **"ay tumangis siya"** Tinutupad ni Pedro ang propesiya sa kaniyang mga pagkakaila at pagbibigay ng pag-asa para sa lahat ng mga mananampalataya na pinagkaila si Hesus sa kanilang dila, sa kanilang mga buhay at sa kanilang mga prayoridad. Mayroong ding pag-asa para sa sinuman na tumalikod sa Kaniya sa pananampalataya (cf. Juan 21).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Mayroon bang pagsasalungatan sa pagitan ni Marcos at Juan sa araw na naganap ang Hapunan ng Panginoon?
2. Bakit lubhang maranya si Maria? Bakit pinahintulutan ito ni Hesus?
3. Ang v. 7 ba ay nagtuturo sa kakulangang ng malasakit ni Hesus para sa mahihirap?
4. Bakit tinatangkang patayin ng mga pang-relihiyong pinuno si Hesus?
5. Patungkol kay Hudas, paano nating maipapaliwanag ang kaniyang mga pagkilos?
6. Paano maiuugnay ang Hapunan ng Panginoon sa Paskwa? Ano ang kahalagahan ng Hapunan ng Panginoon?
7. Bakit lubhang kapalintunaan ang Getsemani (i.e., nais ni Hesus na lumipas ang kopa, ngunit nais na rinang kalooban ng Diyos)?
8. Bakit nabalisa ang mga mataas na Saserdote sa pagsipi ni Hesus ng Mga Awit 110 at Daniel 7:13?

# MARCOS 15

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Si Hesus sa harap ni Pilato | Si Hesus sa harap ni Pilato | Si Hesus sa harap ni Pilato | Si Hesus sa harap ni Pilato | Si Hesus sa harap ni Pilato |
| 15:1-5 | 15:1-5 | 15:1-5 | 15:1-2a | 15:1 |
| | | | 15:2b | 15:2-5 |
| | | | 15:3-4 | |
| | | | 15:5 | |
| Si Hesus ay Hinatulang Mamatay | Kinuha ang lugar ni Barrabas | | Si Hesus ay Hinatulang Mamatay | |
| 15:6-15 | 15:6-15 | 15:6-15 | 15:6-10 | 15:6-15 |
| | | | 15:11-12 | |
| | | | 15:13 | |
| | | | 15:14a | |
| | | | 15:14b | |
| | | | 15:15 | |
| Kinutsa ng mga Sundalo si Hesus | Kinutsa ng mga Sundalo si Hesus | Ang Pagpapapako sa Krus | Pinaglaruan ng mga Sundalo si Hesus | Si Hesus ay Pinutungan ng mga Tinik |
| 15:16-20 | 15:16-20 | 15:16-20 | 15:16-20 | 15:16-20a |
| Ang Pagpapapako sa Krus ni Hesus | Ang Hari sa Krus | | Si Hesus ay Pinako sa Krus | Ang Daan ng Krus |
| | | | | 15:20b-22 |
| 15:21-32 | 15:21-32 | 15:21-24 | 15:21-28 | Ang Pagpapapako sa Krus |
| | | | | 15:23-28 |
| | | 15:25-32 | | |
| | | | 15:29-30 | Ang Pinakong si Hesus ay Linibak |
| | | | 15:31-32a | 15:29-32 |
| | | | 15:32b | |
| Ang Kamatayan ni Hesus | Si Hesus ay Namatay sa Krus | | Ang Kamatayan ni Hesus | Ang Kamatayan ni Hesus |
| 15:33-41 | 15:33-41 | 15:33-41 | 15:33-34 | 15:33-39 |
| | | | 15:35-36 | |
| | | | 15:37 | |
| | | | 15:38-39 | Ang Babae sa Kalbaryo |
| | | | 15:40-41 | 15:40-41 |
| Ang Libing ni Hesus | Inilibing si Hesus sa Puntod ni Jose | | Ang Libing ni Hesus | Ang Libing |
| 15:42-47 | 15:42-47 | 15:42-47 | 15:42-47 | 15:42-47 |

## IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito ay isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng pagpapaliwanag. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Pangatlong talata

4. Atbp.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 15:1-5**

**1At pagdaka, pagkaumaga ay nangagsangusapan ang mga pangulong saserdote pati ng matatanda at mga eskriba, at ang buong Sanedrin, at ginapos si Hesus, at inilabas siya, at ibinigay siya kay Pilato. 2At itinanong sa kaniya ni Pilato, Ikaw baga ang Hari ng mga Hudyo? At pagsagot niya ay sinabi sa kaniya, Ikaw ang nagsasabi. 3At isinakdal siya sa maraming bagay ng mga pangulong saserdote. 4At muling tinanong siya ni Pilato, na sinasabi, Hindi ka sumasagot ng anoman? tingnan mo kung gaano karaming bagay ang kanilang isinasakdal laban sa iyo. 5Datapuwat si Hesus ay hindi na sumagot ng anoman; ano pa at nanggilalas si Pilato.**

**15:1 "At pagdaka, pagkaumaga"** Ang Marcos, tulad ng lahat ng mga Hudyong sulat, ay hindi tumutuon sa tiyak na panahon. Iyon ay maaaring ang mga Hudyo sa panahon ni Hesus ay hinati ang gabi at araw sa labindalawang oras bawa isa (cf. Juan 11:9), na may tatlong apat na oras na mga bahagi. Ang dalawampu't-apat na oras na araw ay nagmula sa Babilonya. Ang mga Griyego at mga Hudyo ay hiniram ito sa kanila. Ang sundial ay nahati sa labindalawang bahagi.

Sa kabanata 15, ang Marcos ay may maraming tanda ng panahon;
1. pagsikat ng araw, v. 1 (humigit-kumulang 6 A.M. batay sa panahon ng taon)
2. ikatlong oras, v. 25 (humigit-kumulang 9 A.M.)
3. ika-anim na oras, v. 33 (humigit-kumulang tanghali)
4. ika-siyam na oras, v. 34 (humigit-kumulang 3 P.M.)
5. gabi, v. 42 (paglubog ng araw, humigit-kumulang 6 P.M.)

Ang Lucas 22:66-71 ay nagkakaloob ng mga detalye ng pagpupulong na ito. Ang sinaunang pagpupulong ay naganap upang tangkaing bigyan ng ilang legalidad ang kanilang iligal na paglilitissa gabi (cf. A. N Sherwin-White, *Roman Society and Roman Law to the New Testament*, pp. 24-47). Ang pagkakasunod-sunod ng paglilitis ni Hesus sa harap ni Pilato at Kaniyang pagpapapako sa krus ay:

| | **Mateo** | **Marcos** | **Lucas** | **Juan** |
|---|---|---|---|---|
| Hatol ni Pilato | | | | Ika-6 na Oras 19:14 |
| Pagpapapako sa Krus | | Ikatlong Oras 15:25 | | |
| Kadiliman ay Lumaganap | Ika-6 – 9 na Oras 27:45 | Ika-6 – 9 na Oras 15:33 | Ika-6 – 9 na Oras 23:44 | |
| Sumigaw si Hesus | Ika-9 na Oras 27:46 | Ika-9 na Oras 15:34 | | |

Kapag ipinaghambing ang mga pagtatalag sa panahon, dalawang pamimiliang pagkaunawa ang makikita: (1) sila ay pareho. Si Juan ay gumamit ng Romanong panahon, na nagsisimula sa 12:00 a.m. (cf. Gleason L. Archer, *Encyclopedia of Bible Difficulties*, p. 364), at ang Synoptics ay gumamit ng Hudyong panahon, na nagsisimula sa 6:00 a.m. (2) si Juan ay nagpapahayag isang mas huling panahon para sa pagpapapako ni Hesus sa krus na magiging isa pang halimbawa ng mga pagkakaiba sa pagitan ng Synoptics at Juan. Gayunman, iyon ay tila mula sa Juan 1:39 at 4:6 na ang Juan minsan ay gumagamit ng Hudyong panahon at minsan, Romanong panahon (cf. M. R. Vincent, *Word Studies*, Vol. 1, p. 403).

Ang mga pagtatalaga ng panahon ay maaaring simboliko sa lahat ng mga Ebanghelyo upang maiugnay sila sa (1) panahon ng pang-araw-araw na mga pag-aalay (i.e., nagpapatuloy) sa Templo (9 a.m. at 3 p.m., cf. Mga Gawa 2:15; 3:1) at (2) pagkatapos lamang ng tanghali ay ang tradisyunal na panahon sa pagpatay sa Tupa ng Paskwa sa Nisan 14. Ang Bibliya, bilang isang sinaunang silanganing aklat, ay hindi nakatuon sa mahigpit na pagkakasunod-sunod gaya ng makabagong kanluranin na mga pangkasaysayang tala.

▣ **"ang mga pangulong saserdote pati ng matatanda at mga eskriba, at ang buong Sanedrin"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Sanhedrin sa 12:13.

▣ **"agad"** Ang ebanghelyo ni Marcos ay makikilala sa pagkilos ("kung gayon," "at," "kagyat"). Pangunahing inihayag si Hesus sa pamamagitan ng Kaniyang mga pagkilos. Ang bilis ng mga pagkilos sa salaysay ay umuusad sa pamamagitan ng ganitong mga salita ng pakilos. Tingnan ang tala sa 1:10.

▣ **"at ginapos si Hesus"** Ito ay maaaring isang karaniwang pamamaraan sa mga kriminal o kawalang-malay na pagpapakita iyon ng kanilang pagkatakot kay Hesus. Marami ang nakakatakot na Siya ay isang salamangkero o mangkukulam at ang Kaniyang kapangyarihan ay nasa Kaniyang mga kamay.

▣ **"ibinigay siya kay Pilato"** Ang eksaktong pinagganapan nito ay di-tiyak. Karamihan sa mga iskolar ay nag-iisip na si Pilato ay nanatili sa palasyo ni Herodes kapag nasa Herusalem. Ang kaniyang karaniwang panirahan ay Caesarea sa dagat, kung saan kaniyang ginamit isa pang palasyo ni Herodes bilang praetorium. Ang iba ay nagsasabing siya ay namamalagi sa panghukbong punong himpilan, na kutang Antionia, malapit sa templo. Ang panahon ay bukang-liwayway, sumusunod sa Romanong kaugalian ng sinaunang hukupman (maaaring dahil sa init). Si Pilato ay namuno sa Palestina bilang isang kinatawan ng Emperador mula sa A.D. 25/26-36/37 at kung gayon ay tinanggal dahil sa mga paulit-ulit ng mga paratang ni Vitellio, Legato ng Syria.

## NATATANGING PAKSA: PONTIO PILATO (PONTIUS PILATE)

I. Ang Lalake
   A. Lugar at panahon ng kapanganakan ay hindi nalalaman
   B. Kabilang sa grupo ng Equestrian (itaas na panggitnang antas ng lipunan ng mga Romano)
   C. May asawa, ngunit walang nalalamang mga anak
   D. Sinaunang administratibong mga pagtatalaga (kung saan ay tiyak na mayroong mga ilan) walang nakakaalam
II. Kanyang Personalidad
   A. Dalawang magkaibang mga pananaw
      1. Philo (*Legatio and Gaium*, 299-305) at Josephus (*Antiq.* 18.3.1 at *Jewish Wars* 2.9.2-4) inilarawan siya bilang malupit at walang habag na diktador.
      2. Ang NT (mga Ebanghelyo, Mga Gawa) ay nagpapakita ng mahina, medaling mamanipula na Romanong prokurator
   B. Paul Barnett, *Jesus and the Rise of Early Christianity*, pp. 143-148, ay nagbibigay ng tila totoo na paliwanag sa dalawang pananaw na mga ito.
      1. Si Pilato ay hindi naitalaga bilang prokurator noong A.D. 26 sa ilalim ni iberius, na isang makahudyo (cf. Philo, *Legatio and Gaium*, 160-161) sa pamamagitan ng pagpayo ni Sejanus, ang galit sa Hudyo na punong tagapayo ni Tiberius.
      2. Si Tiberio ay nagdanas ng matinding pagkatalo sa politikal na kapangyarihan kay L. Aelius Sejanus, ang kanyang praetorian na prefek na naging siyang tunay na kapangyarihan sa likod ng trono at siyang may labis na galit sa mga Hudyo(Philo, *Legatio land Gaium*, 159-160).
      3. Si Pilato ay ang bata ni Sejanus at sinubukang magpalakas sa kanya sa pamamagitan ng
         a. pagdadala ng mga pamantayang Romano sa Herusalem (A.D. 26), na ang ibang mga procurator ay hindi nagawa. Ang mga simbolong ito ng Diyos ng mga Romano ang nagpagalit sa mga Hudyo (cf. Josephus' *Antiq*. 18.3.1; *Jewish Wars* 2.9.2-3).
         b. ang mga salaping barya (A.D. 29-31) na may mga imahe ng pagsamba ng mga Romano na

nakaukit sa mga ito. Si Josephus ay nagsasabi na siya ay puno ng layunin sa pagsubok na baluktutin ang mga batas ng at mga kaugalian ng mga Hudyo (cf. Josephus, *Antiq.* 18.4.1-2).

c. pagkuha ng pero mula sa ponding pananalapi ng Templo upang magpatyo ng daanang patubig sa Herusalem (cf. Josephus, *Antiq.* 18.3.2; *Jewish Wars* 2.9.3).

d. pagpatay ng ilang mga taga Galiea habang nag-aalay ng sakripisyo sa panahon ng Paskuwa sa Herusalem.

e. pagdadala ng Romanong pananggalang sa Herusalem noong A.D. 31. Ang anak ni Dakilang Herodes ay nag-apila sa kanya na tanggalin ang mga ito at ibalik, ngunit hindi siya tumalima, kaya sumulat sumulat si kay, na nagpautos na alisn at ibalik ang mga ito sa Caesarea sa may baybaying dagat(cf. Philo, *Legatio and Gaium*, 299-305).

f. pagpatay ng maraming mga Samaritano sa Bundok Gerizim (A.D. 36/37) habang naghahanap ang mga ito ng sagradong mga bagay para sa kanilang relihiyon, na nawawala. Ito ang nagdahilan sa mga lokal na na nakatatas ni Pilato (Vitellius, Prefect of Syria) na alisin siya sa kanyang katungkulan at ipadala siya sa Roma (cf. Josephus, *Antiq.* 18.4.1-2).

4. Si Sejanus ay binitay noong A.D. 31 at si Tiberius ay pinanumbalik muli sa buong politikal na kapangyarihan; samakatuwid, #a, b, c at d ay posibleng mga ginawa ni Pilato upang makuha muli ang pagtitiwala ni Sejanus; ang #e at f ay maaring mga pagtatangka na makuha at tiwala ni Tiberius, ngunit maaring ito ay nakasama pa.

5. Halata na sa pagpapanumbalik ng emperor na makahudyo, dagdagan pa ng opisyal na kasulatan na nag-uutos sa mga prokurator mula kay Tiberius na maging mabuti sa mga Jews (cf. Philo, *Legatio and Gaium*, 160-161), na ang Hudyong pamumuno sa Herusalem ay kumuha ng bentaha sa politikal na kahinaan ni Pilato sa pamamagitan ni Tiberius at minanipula siya upang si Hesus ay maipako. Ang teoryang ito ni Barnett ay nagdadala ng dalawang pananaw kay Pilato ng sabay-sabay sa paraang halos totoo.

III. Kanyang Kapalaran

A. Siya ay muling ipinatawag at dumating sa Roma agad pagkatapos ng kamatayan ni Tiberius (A.D. 37).

B. Siya ay hindi na muling naitalaga.

C. Pagkatapos nito wala ng nakakaalam sa kanyang buhay. Mayroong maraming mga teorya,subalit walang tiyak na mga katotohanan.

**15:2 "itinanong sa kaniya ni Pilato"** Sa anong wika? Ang pagkakataon na magsasalita si Pilato sa Aramaiko ay mababa kaysa si Hesus na magsasalita sa Koine na Griyego. Para sa isang mabuting pagtalakay nito, tingnan ang

1. "Did Jesus Speak Greek" ni Joseph A. Fitzmeyer, kabanata 21, pp. 253-264 sa *Approaches to the Bible: the Best of Bible Review*
2. "The Languages of the New Testament" ni J. Howard Greenlee sa *Expositor's Bible Commentary*, tomo 1, pp. 410-411

▣ **"'Ikaw baga ang Hari ng mga Hudyo'"** "Ikaw" ay pagbibigay-diin at mapanuya. Ang Lucas 23:1-2 ay nagtala ng mga paratang ng Sanhedrin. Ang Juan 19:8-19, ay nagdadagdag ng maraming detalye sa pag-uusap sa pagitan ni Hesus at Pilato. Si Pilato ay wala sa isipan ang pang-relihiyong aspeto ng pagsasakdal, ngunit ang pampulitikong aspeto.

▣

**NASB, NKJV "'Ikaw ang nagsasabi'"**
**NRSV, TEV "'sinabi mo'"**
**NJB "'Ikaw ang nagsabi nito'"**

Ito sa literal ay "ikaw ang nagsabi na Ako nga," na maaaring isang Hebraikong wikain ng pagpapatibay (cf. Mateo 26:25,64; Lucas 22:70; 23:3) o isang kriptikong paraan ng pagsagot, na nagpapahiwatig na, "Sinabi mo, ngunit nagpapahiwatig na Ako ay naiibang uri ng hari." Ito ay tila isang pribadong pagsangguni (cf. Juan 18:33-38) sa loob ng Pretorio. Nasabi na ni Hesus sa mga alagad ang tungkol dito o nandoon si Juan. Ang mga Hudyo ay hindi pumasok dito dahil gagawin sila nito madumi sa seremoniya upang kumain sa Paskwa.

Ang salaysay ng pagtatanong kay Hesus ni Herodes Antipas ay hindi makikita sa Ebanghelyo ni Marcos, ngunit matatagpuan sa Lucas 23:6-12.

**15:3**
**NASB "isinakdal siya sa maraming bagay"**
**NKJV, NRSV "pinaratangal siya ng maraming mga bagay"**
**TEV "inakusahan si Hesus ng maraming mga bagay"**
**NJB "nagdala ng maraming pagbibintang labana sa kaniya"**

Ito ay DI-GANAP NA PANAHUNAN na nangangaahulugan na kanilang pinaparatangan Siya nang paulit-ulit. Ito ay naganap pagkatapos makausap nang sarilinan ni Pilato si Hesus (cf. v. 4). Isang tala ng ilang mga paratang ay matatagpuan sa Lucas 23:2.

**15:5 "si Hesus ay hindi na sumagot ng anoman"** Ito ay maaaring katuparan ng Isaias 53:7 (cf. 14:61; Mateo 26:63; 27:12; Juan 19:9).

▣ **"ano pa at nanggilalas si Pilato"** Bakit namangha si Pilato?

1. Si Hesus ay nakipag-usap nang pribado sa kaniya, ngunit hindi nakapag-usap sa presensiya ng Kaniyang tagaparatang.
2. Ang Punong Saserdote ay gumagawa ng maraming paratang laban sa Kaniya at sila ay lubhang marahas.
3. Si Hesus ay hindi kumilos na tulad ng karamihan sa mga bilanggo na mariing ipinagtatanggol ang kanilang sarili.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 15:6-15

**6Sa pista nga ay pinagkaugalian niya na pawalan sa kanila ang isang bilanggo, na kanilang hingin sa kaniya. 7At mayroong isa na kung tawagin ay Barrabas, na nagagapos na kasama ng nangaghimagsik, mga taong nagsipatay ng mga tao sa panghihimagsik. 8At nagsipanhik ang karamihan at nangagpasimulang hingin sa kaniya na sa kanila ay gawin ang gaya ng sa kanila ay laging ginagawa. 9At sinagot sila ni Pilato, na sinasabi, Ibig baga ninyo na pawalan ko sa inyo ang Hari ng mga Hudyo? 10Sapagkat natatalastas niya na sa kapanaghilian ay ibinigay siya ng mga pangulong saserdote. 11Datapuwat inudyukan ng mga pangulong saserdote ang karamihan, na si Barrabas na muna ang siya niyang pawalan sa kanila. 12At sumagot na muli si Pilato at sa kanila ay sinabi, Ano nga ang aking gagawin sa inyong tinatawag na Hari ng mga Hudyo? 13At sila ay muling nagsigawan, Ipako siya sa krus. 14At sinabi sa kanila ni Pilato, Bakit, anong masama ang kaniyang ginawa? Datapuwat sila ay lalong nagsigawan, Ipako siya sa krus. 15At sa pagkaibig ni Pilato na magbigay-loob sa karamihan, ay pinawalan sa kanila si Barrabas, at ibinigay si Hesus, pagkatapos na siya ay mahampas niya, upang siya ay ipako sa krus.**

**15:6 "sa pista"** Ito ay tumutukoy sa Paskwa. Ang mga iskolar ay kadalasang nagtatalo sa haba ng pangmadlang ministeryo ni Hesus. Ang tanging dahilan iglesiyang tradisyon sa pagpapatunay ng tatlong-taong pangmadlang ministeryo ay dahil sa tatlong mga Paskwa na binanggit sa Ebanghelyo ni Juan. Gayunman, sa Juan ay may isang binanggit na "ang pista," tulad dito, na nagpapahiwatig ng isa pang Paskwa. Sa aking palagay, si Hesus ay maaaring apat na taon o maaaring lima o anim na taon na pangmadlang ministeryo. Iyon ay maliwanag na ang mga manunulat ng Ebanghelyo ay hindi iniintindi ang pagkakasunod-sunod mismo, ngunit ang teolohiya. Ang mga Ebanghelyo ay hindi kanluraning mga kasaysayan, ngunit silanganing mga talata na teolohiko. Sila ay hindi aliman sa mga talambuhay o sariling talambuhay. Sila ay isang genre sa kanilang mga sarili. Ang mga manunulat ng Ebanghelyo, sa ilalim ng inspirasyon, ay may kalayaang pumili, umangkop, at muling isaayos ang mga salita at mga pagkilos ni Hesus upang ipakilala Siya sa kanilang mga nilalayong tagapakinig. Hindi ako naniniwala na sila ay may kalayaang ilagay ang mga salita sa Kaniyang bibig; gayunman, ang kagamitang pangsaksi ay isinulat sa mas huling panahon, kasama ng mga teolohikong layunin at pinag-iiba ang mga nilalayong tagapakiniig, na sinasagot ang mga tanong sa kung bakit magkakaiba ang apat na mga Ebanghelyo.

▣ **"pinagkaugalian niya na pawalan sa kanila ang isang bilanggo, na kanilang hingin sa kaniya"** Ito ay tila naging isang taunang Romanong tradisyon sa Palestina noong panahon ni Hesus. Walang pangkasaysayang pagpapatunay para dito maliban kay Josepho, *Antiquities of the Jews* 20:9:3. Sinisikap ni Pilato na kunin ang pakikiramay ng tao para kay Hesus upang palayain niya Siya. (cf. Marcos. 15:14; Lucas 23:14-16; Juan 18:38-39; 19:4).

**15:7 "Barrabas"** Ang pangalang ito ay isang pagsasama ng Bar = "anak ng" at Abbas = "ama." Ang di-kanonikong Ebanghelyo ng Mga Hebreo ay may Bar Rabbas, "anak ng Rabbi." Maraming Griyegong MSS ng Mateo 27:16-17 na may "Hesus Barrabas," ay isang pagtatangka sa kabalintunaan batay sa kapwa tinatawag na "Hesus," na sa katotohanan ay "ang Anak ng Ama."

▣ **"na nagagapos na kasama ng nangaghimagsik"** Ang taong nais pakawalan ng karamihan ng tao ay ang mismong uri ng tao na kanilang ipinaparatang kay Hesus. Anong kabalintunaan!

**15:8 "Ang karamihan"** Ang ilang ay nag-iisip na ang mga kaibigan ni Barrabas ay naghihintang para sa ganitong taunang pagkakataon. Ang iba ay nararamdaman na ang karamihan ng tao ay hindi binubuo ng mga manlalakbay, ngunit ng bulaang mga saksi at iba pa bang kasangkot sa gabi ng mga pag-uusig. Ang mga ito walang karaniwan maliban sa sila ay kapwa nagnanais na pakawalan si Barrabas, ngunit para sa iba't-ibang mga kadahilanan.

Ang lungsod ay puno ng mga manlalakbay, maraming mula sa Galilea, ngunit sila ganoon kaaga, kahit na sa hukuman ni Pilato.

▣
**NASB, NJB "nagsipanhik"**
**NKJV "umiyak nang malakas"**
**NRSV "dumating"**
**TEV "nagtipon"**

Ang Griyegong mga salita na "nagsipanhik" (*anabainō*) at "umiyak" (*anaboaō*) ay binabaybay at binibigkas nang magkatulad, na nangangahulugang sila ay madaling nalilito sa sinaunang pamamaraan o paggawa ng mga sipi ng NT sa pamamagitan ng isang eskriba na malakas na binabasa ang teksto at maraming iba na gumagawa ng mga sipi. Ang Griyegong manuskrito tradisyon ay hinati sa:

1. "nagsipanhik" AORIST GANAP NA PANDIWARI sa MSS א*, B, at ang Vulgata.
2. "umiyak" AORIST GANAP NA PANDIWARI sa MSS א², Isang, C, W, at ang Peshitta.

Ang "umiyak" ay hindi matatagpuan sa Marcos sa anumang iba pang lugar, ngunit ang "nagsipanhik" ay matatagpuan ng siyam na beses para sa:

1. mga bagay na lumalago (4:7)
2. pagsakay sa isang barko (6:51)
3. pagpanhik (15:8)

Maaaring NASB at NJB ay tama.

**15:9** Ang Marcos, tulad ng Lucas (i.e., sa kapwa kaniyang Ebanghelyo at Mga Gawa), ay isinusulat upang ipakita na walang banta ang Kristiyanismo sa mga awtoridad Romano.

**15:10 "sa kapanaghilian"** Nauunawaan ni Pilato ang mga layunin ng Sanhedrin (cf. Mateo 27:18), ngunit tumangging kumilos sa katarungan!

Ang panibugho ay tiyak na isang maaari motibo ng Hudyong pamumuno, ngunit ako ay nagulat na amg kanilang teolohiko at pampulitikong mga layunin ay hindi rin maliwanag sa Pilato (i.e., Lucas 23:2). Iyon din ay maaari na si Pilato ay narinig si Hesus sa pamamagitan ng mga espiya o mga tagapagbalita (o kahit na ang kaniyang asawang babae, cf. Mateo 27:19).

**15:12 "'sa inyong tinatawag na Hari ng mga Hudyo'"** Ang Juan 19:15 ay tinala na ang mga nanggugulong Hudyo (i.e., mga manghihimagsik at Hudyong mga pinuno) ay sinabing "Wala kaming hari ngunit si Caesar lamang." Anong kabalintunaan!

**15:13**
**NASB, NRSV,**
**TEV, NJB "sila ay muling nagsigawan"**
**NKJV "sila ay sumigaw"**

Ang Griyegong terminong *palin* ay pinapaliwanag bilang "pabalik" ng mga makabagong salin. Kapwa "muli" at "pabalik" ay saligang salin mga opsyon sa Bauer, Arndt, Gingrich at Danker, *A Greek-English Lexicon of the New Testament*, p. 606. Ang konteksto dito ay nangangailangan ng "pabalik."

**15:14 "'anong masama ang kaniyang ginawa'"** Kagapay ng Ebanghelyo ni Juan ang pahayag na ito ni Pilato nang tatlong beses sa 18:38; 19:4,6. Sinusubukan ni Pilato na kunin ang simpatiya para kay Hesus at pakawalan Siya (cf. Juan 18:38; 19:6,12), ngunit ang may pagkiling na karamihan ng tao ay hindi gusto ito!

**15:15**
**NASB, NRSV "sa pagkaibig na magbigay-loob sa karamihan"**
**NKJV "sa pagnanais na malugod ang karamihan ng tao"**
**TEV "sa pagnanais na magalak ang karamihan ng tao"**
**NJB "balisa sa panunuyo sa karamihan ng tao"**

Para kay Pilato, ang kaayusang sibil ay mas mahalag kaysa katarungan. Ang mga Hudyong pinuno ay nagtagumpay na takutin si Pilato (cf. Juan 19:12). Si Pilato ay maaaring paratangan ng maraming mga bagay sa mga awtoridad sa Syria at Roma. Hindi niya kakayanin ang mas maraming paratang. Nalalaman nila ito at ginamit iyon!

Maraming makabagong mga dalubwika ay tinala na ang Griyegong mga salitang *hikanon poiēsai* ay isang Latin na wikain (i.e., Bauer, Arndt at Gingrich, p. 374; Moulton at Milligan, p. 302; C. F. D. Moule, *An Idiom Book of the New Testament Griyego*, p. 192). Ito ay mahalaga dahil ang Marcos ay may napakaraming Latin na mga salita, mga parirala, at mga wikain, maaaring dahil iyon ay isinulat upang maging saksi sa taga-Roma.

▣ **"mahampas"** Ito ay isang katuparan ng Isaias 53:5. Ang paghagupit ay ang saligan sa panimulang pamamaraang Romano para sa kanilang ipapako sa krus. Iyon ay isang kakila-kilabot na na paghampas. Ang isang tao na nakayuko ay nakayuko at ang kaniyang mga kamay ay nakatali pababa. Ngayon, ang dalawang mga sundalo, isang sa bawat panig, ay hinahampas Siya ng latigong gawa sa siyam na balat na sinturon na may ilang matigas na bagay na nakakabit sa bawat

dulo ng sinturon. Kadalasang ang mga bilanggo ay namamatay sa paghampas lamang.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 15:16-20**

**[16]At dinala siya ng mga kawal sa looban, na siyang Pretorio; at kanilang tinipon ang buong *Romanong* pulutong. [17]At siya ay kanilang dinamtan ng kulay-ube, at nang makapagkamakama ng isang putong na tinik, ay ipinutong nila sa kaniya. [18]At nagpasimula silang siya ay batiin, Aba, Hari ng mga Hudyo! [19]At sinaktan nila ang kaniyang ulo ng isang tambo, at siya ay niluluraan, at pagkaluhod nila, siya ay sinamba. [20]At nang siya ay kanilang malibak na, ay inalis nila sa kaniya ang kulay-ube, at isinuot sa kaniya ang kanyang mga damit. At siya ay kanilang inilabas upang ipako siya sa krus.**

**15:16 "dinala siya ng mga kawal"** Ang mga Romanong sundalo (cf. Mateo 27:27) ay kinapopootan ang mga Hudyo dahil sa kanilang pansariling pag-uugali patungo sa mga Hentil at kanilang ibinaling ang kanilang poot kay Hesus. Ang Lucas 23:11 ay nagpapahiwatig na ang mga sundalo ni Herodes ang Tetrarka ay linibak din Siya bilang hari.

▣
**NASB** **"sa looban, na siyang Pretorio"**
**NKJV** **"sa bulwagang tinatawag na Preterio"**
**NRSV** **"sa patyo ng palasyo (na ang himpilan ng gobernador)"**
**TEV** **"sa loob ng patyo ng palasyo ng governador"**
**NJB** **"sa panloob na bahagi ng palasyo, na ang Pretorio"**

Ito ay tumutukoy sa tinitirahan ng mga Romanong pinuno kapag sila ay nasa Herusalem. Ito ay maaaring ang muog ng Antonio, na malapit sa Templo o mas maaaring ang palasyo ni Herodes ang Dakila sa Herusalem.

▣
**NASB** **"ang buong *Romanong* pulutong"**
**NKJV** **"ang buong garison"**
**NRSV, NJB** **"ang buong pulutong"**
**TEV** **"ang kabuuan ng pulutong"**

Ang Griyegong terminong *speiran* (i.e., pangkat) sa orihinal ay tumutukoy sa anumang bagay na nakabuhol na magkakasama, tulad ng isang tali o lubid. Iyon ay ginamit na patalinghaga para sa isang pangkat ng mga lalaki na gumagawa nang magkakasama para sa isang layunin. Ang *cohort* ay isa pang terminong Latin. Iyon ay ginamit ng isang-kasampu ng isang hukbo, karaniwang 600 lalaki. Ngunit iyon maaaring tumutukoy sa mas kakaunti (cf. Juan 18:3). Ang Romanong hukbo ay binubuo ng (1) mga hukbo, 6,000; (2) pangkat o *cohorts*, 600; (3) *maniples*, 200; at (4) mga siglo, 100.

**15:17 "kanilang dinamtan ng kulay-ube"** Ang Mateo 27:28 ay may isang "kulay-ubeng damit" ng isang Romanong pinunong kabalyera. Ang kulay-ube ay ang simbolo ng pagkamaharlika. Sa orihinal, ang damit ng isang Romanong pinuno ay kulay-ube, ngunit sa panahon iyon ay kupas na lilim ng kulay-ube. Nililibak nila si Hesus bilang isang pinagpapalagay na Hari ng mga Hudyo (cf. v. 18,20; Juan 19:2).

Ang Lucas 23:11 ay tinala na ang Hudyong mga sundalo ni Herod ang Tetrarka o Herod Antipas ay linibak din si Hesus bilang Hari/Mesias sa pamamagitan ng paglalagay ng isang pangharing balabal sa Kaniya.

▣ **"putong na tinik"** Sa tradisyon, ito ay iniisip bilang isang paraan ng pagpapahirap kung saan ang mga tinik ay ipinilit sa kilay ni Hesus. Gayunman, iyon ay lubhang maaari na ito ay isang makinang na putong gawa ng mga dahon ng palma, na isa pang paraan sa panglilibak kay Hesus bilang isang hari (cf. Mateo 27:27-31; Marcos 15:15-20). Ang Griyegong terminong "putong" (*stephanos*) ay ginamit sa isang koronang bulaklak o koronang laural ng matagumpay na manlalaro na sinusuot ng Emperador.

**15:19** Ang talatang ito ay naglalarawan ng panlilibak ng mga Romanong sundalo.
1. "Aba," natatanging pagbati sa isang pinuno (v. 18)
2. "hinahampas ang Kanyang ulo ng isang," ito maaaring ay unang inilagay sa kamay ni Hesus bilang isang kunwang setro
3. "niluluraan Siya," isang pangkulturang tanda ng pag-alipusta o pakunwaring halik (i.e., isang uri ng pagpugay)
4. "pagkaluhod nila, siya'y sinamba," isa pang simbolo ng panlilibak ng Kaniyang pagiginghari
5. isang kulay-ubeng damit na inilagay sa Kaniyang mga balikat, na sumasagisag sa pagiginghari

Ang mga bilang dalawa hanggang apat na ay DI-GANAP NA MGA PANAHUNAN, na nangangahulugang inulit na pagkilos sa nakalipas na panahon. Maraming mga sundalo ay ginawa ang mga pagkilos na ito nang paulit-ulit o maaaring bawat sundalong nandoon.

**15:20 "siya ay kanilang inilabas"** Si Hesus, gaya ng lahat ng mga nahatulang bilanggo, ay kailangang pasanin ang Kaniyang sariling krus sa ang lugar ng pagpapapako sa krus sa labas ng mga pader ng lungsod. Tinahak nila ang

mahabang daan sa mga lansangan ng Herusalem upang makita at matakot ang lahat sa katarungang Romano.

Ang paghahatid na ito sa mga kriminal sa labas ng mga pader ng Herusalem upang patayin ay maaaring ginawa bilang paggalang saHudyong kautusan (cf. Levitico 24:14 at Bilang 15:35-36). Ang taga-Roma ay hindi nagnanais ng isang kaguluhan sa panahon ng masikip na mga araw ng pista.

▣ **"upang ipako siya sa krus"** Ang mga taga-Phonecia ay nag-imbento ng pagpapapako sa krus. Si Alejandro ang Dakila ay nagpapako sa krus ng 2,000 pagkatapos ng pagbagsak ng Tiro. Ang taga-Roma ay linubos ang pamamaraang ito upang ang mga nahatulang kriminal ay magdurusa nang maraming araw bago ang kanilang kamayatan. Ang marahas na pagpapahirap na ito ay ginawa upang maudlot ang krimen. Iyon ay hindi maaaring gawin sa isang Romanong mamamayan.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 15:21

**[21]At kanilang pinilit ang isang nagdaraan, si Simon na taga Cirene, na ama ni Alejandro at ni Rufo, na nanggagaling sa bukid, upang sumama sa kanila, upang pasanin niya ang kaniyang krus.**

**15:21 "kanilang pinilit"** Ito ay isang Persyanong pautang na salitang ginamit sa opisyanl na pagsamsam ng ari-arian o sapilitang pagpapasundalo ng mga manggagawa para sa pampamahalaang paggamit.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"ang isang nagdaraan na nanggagaling sa bukid "** |
| **NKJV** | **"siya na nanggaling sa isang bayan"** |
| **NRSV** | **"isang nagdaraan, na nagmula sa isang bayan"** |
| **TEV** | **"na nagdaan sa isang lungsod mula sa nayon"** |
| **NJB** | **"isang nagdaraan. . .na dumating mula sa isang bagay"** |

Ipinapahiwatig ba nito ang taong naninirahan ngayon sa Palestina o isang panauhin sa Paskwa? Sa aking palagay, iyon ay tumutukoy sa isang manlalakbay na naninirahan sa paligid ng lungsod ng Herusalem na nagkataon lamang na naglalakad sa panahong iyon. Gayunman, maraming mula sa Cyrenaica (i.e., Hilagang Aprika) ang naninirahan sa Herusalem. Mayroong pa ngang isang natatanging sinagoga para sa kanila (cf. Mga Gawa 6:9). Ang kaniyang mga anak ay binanggit na tila kilala sa sinaunang iglesiya (hindi sa Herusalem, ngunit sa Roma).

▣ **"si Simon na taga Cirene"** Ang Cyrenaica ay isang lalawigan ng Hilagang Aprika. Ang Cirene ay kabisera nito. Gayunman, ang pangalang Simon ay isang Hudyong pangalan. Natutunan natin mula sa Mga Gawa na maraming mga Hudyo mula sa lugar na ito (cf. Mga Gawa 2:10; 6:9; 11:20; 13:1). Ang kaniyang panliping pagkakilanlan ay di-tiyak. Mayroong mga maiitim na Hudyo mula sa panahon ni Solomon at ang Reyna ng Sheba (i.e., Etiopya).

▣ **"na ama ni Alejandro at ni Rufo"** Maliwanag na ang pagrtikular na paglalarawang ito ay nagpapahiwatig na si Simon at/o kaniyang mga anak ay naging kilala sa sinaunang iglesiya. Dahil ang Marcos ay isinulat sa taga-Roma maaaring si Rufus sa taga-Roma 16:13 ay ang parehong tao.

▣ **"krus"** Mayroong maraming maaaring hugis ang ginamit ng mga Romano, T, X, t, o isang entablaong bitayan na may maraming patayong haligi. Ang lahat ng mga hugis na ito ay natagpuan ng mga arkeolohikong pananaliksik na ginamit sa unang siglo Palestina.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 15:22-26

**[22]At siya ay kanilang dinala sa dako ng Golgota, na kung liliwanagin ay, Ang dako ng bungo. [23]At siya ay dinulutan nila ng alak na hinaluan ng mirra: datapuwat hindi niya tinanggap. [24]At siya ay kanilang ipinako sa krus, at kanilang pinaghatihatian ang kaniyang mga damit, na kanilang pinagsapalaran, kung alin ang dadalhin ng bawat isa. [25]At ikatlo na ang oras, at siya ay kanilang ipinako sa krus. [26]At ang pamagat ng pagkasakdal sa kaniya ay isinulat sa ulunan, ANG HARI NG MGA JUDIO.**

**15:22 "Golgota"** Ito ay isang Aramaikong termino. Ang terminong "kalbaryo" ay Latin para sa "bungo." Ang mga termino ay hindi tumutukoy sa buong bungo, ngunit ang noo. Ang lugar ay di-tiyak, ngunit iyon ay nasa labas ng mga lumang pader ng Herusalem, maaaring sa isang mababa, na kalbong burol sa isang pangunahing daanan sa banal na lungsod (cf. Levitico 24:14; Bilang 15:35-36; Juan 19:20).

**15:23 "siya'y dinulutan nila ng alak na hinaluan ng mirra"** Ito ay DI-GANAP NA PANAHUNAN na nangangahulugang sinubukan nila nang maraming beses. Ang talmuldikong tradisyon ay sinasabing ang kababaihan ng Herusalem ay ginawa ito bilang isang ministeryo sa mga naparusahang bilanggo. Iyon ay umiiral bilang isang malakas na gamot upang mabawasan ang sakit at patamlayin ang isipan.

▣ **"datapuwa't hindi niya tinanggap"** Ang dahilan ay di-nalalaman.

**15:24 "siya ay ipinangako sa krus"** Ang mga Romano ay hindi pinako sa mga palad ng kamay ngunit sa mga pulso habang ang katawan ay karaniwang inaalalayan ng mgal lubid sa kaniyang mga bisig. Ang biyas ay bahagyang nakapaluktot habang ang paa na nakapako sa isang maliit na kahong hugis tatsulok. Ito ay ginawa upang tulutan ang isang tao na magpatuloy na maiangat ang kanilang mga sarili upang makahinga. Mayroong din ang isang maliit na piraso ng kahoy, na tinatawag na sintadera, upang makaupo at dagliang makapahinga sa kanilang bibat. Karamihan ng ipinako sa krus ay namatay mula sa *asphyxiation*. Ang tao ay nakabitin sa lupa ng tamang taas upang ang kanilang paa ay halos sa isang talampakang taas sa lupa.

▣ **"pinaghatihatian ang kaniyang mga damit"** Ang mga Romanong sundalo na nagpako sa krus ng mga kriminal ay kinukuha ang kanilang pagmamay-ari bilang bahagi ng kanilang bayad.

▣ **"pinagsapalaran"** Ito ay hula sa Mga Awit 22:18. Ang awit na ito ay naglalarawan ng pagpapapako sa krus ni Hesus (Kristolohikong tipolohiya). Sinipi ni Hesus ang ang unang linya ng Awit na ito sa Marcos 15:34. Ang Mga Awit 22:7-8 din ay pagpapauna ng mga puna ng dadaan at lilibakin si Hesus (cf. Marcos 15:29).

**15:25 "ikatlo na ang oras"** Sa Juan 19:14 iyon ay sinasabing "ang ika-anim na oras." Ang Sinoptikong mga Ebanghelyo ay di-nagbabago sa paggamit ng Hudyong panahon, habang ang Juan, ay kadalasang, ngunit hindi tangi, na gumagamit ng Romanong panahon.

▣ **"kanilang ipinako sa krus"** Ang mga manunulat ng Ebanghelyo ay hindi pinaglalaruan ang ating mga damdamin sa paglalarawan ng mga kakilakilabot na pisikal na hakbang na nakapaloob. Ang teolohikong isyu ay hindi paano (bagaman ang Deuteronomyo 21:23 ay mahalaga, cf. taga-Galacia 3:13) Siya ay namatay, ngunit sino Siya ay at bakit Siya namatay!

**15:26**
**NASB, NRSV,**
**NJB** **"ang pamagat. . . isinulat"**
**NKJV** **"ang tatak. . .na nakasulat sa taas"**
**TEV** **"ang pansin ng paratang laban sa kaniya ay nagsabing"**

Ang impormasyon ng inskripsyong ito ay nasa tatlong mga wika mula sa Juan 19:20. Ang impormasyon na iyon ay pinako sa uluhan ni Hesus na nagmula sa Mateo 22:37.

Ang KJV at NKJV ay isinalin ang Marcos 15:26 sa ganitong paraan upang ipahiwatig na iyon ay maliwanag na nagpapahayag na "nasa itaas," ngunit ang terminong "inskripsyon" ay inuulit sa PANDIWA, na nangangahulugang ukitin, magmarka, magtatak, magsulat, ngunit hindi "nasa taas."

▣ **"ang pagsasakdal"** Ang maliit na tanda ay tinatawag na *Titulus* ng mga Romano. Iyon ay kadalasang maitim na sulat sa isang puting likuran. Ang opisyal na sakdal ay alinman sa (1) dinadala kasama ng nahatulan o (2) isinabit sa leeg ng nahatulan. Sa lugar ng pagpapapako sa krus iyon ay inilagay sa itaas ng ulo ni Hesus sa krus (cf. Mateo 27:37). Tingnan *Manners and Customs of the Bible* ni James M. Freeman, pp. 395-6.

▣ **"'ANG HARI NG MGA HUDYO'"** Iyon ay nakakawili na makita ang pagkakaiba sa mga Ebanghelyo sa eksaktong titik ng sakdal na inilagay sa itaas ng ulo ni Hesus sa krus.

1. Mateo 27:37 – "Ito si Hesus, ang Hari ng mga Hudyo"
2. Marcos 15:26 – "Ang Hari ng mga Hudyo"
3. Lucas 23:38 – "Ito ang Hari ng mga Hudyo"
4. Juan 19:19 – "Hesus, ang Nazareno, ang Hari ng mga Hudyo"

Bawat isa ay magkakaiba, ngunit sa saligan ay pareho. Ito ay tunay na pinakakakaiba sa pangkasaysayang mga detalye ng mga Ebanghelyo. Bawat manunulat ay nagtala ng kaniyang mga alaala (at mga pinanggalingan) sa bahagyang magkakaibang paraan, ngunit sila pa rin ay parehong salaysay ng saksi.

Pilato ay nilalayong yamutin ang mga Hudyong pinuno sa paglalagay ng titulo mismong kinakatakutan nila sa krus ni Hesus (cf. v. 21-22).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 15:27-32

**27At ipinako sa krus na kasama niya ang dalawang tulisan; isa sa kaniyang kanan, at isa sa kaniyang kaliwa. 28At natupad ang kasulatan, na nagsasabi: At siya ay ibinilang sa mga suwail. 29At siya ay inalipusta ng nagsisipagdaan na pinatatangotango ang kanilang mga ulo, at sinasabi, Ah! ikaw na iginigiba mo ang templo, at sa tatlong araw ay iyong itinatayo, 30Iyong iligtas ang sarili mo, at bumaba ka sa krus. 31Gayon din naman ang mga pangulong saserdote pati ng mga eskriba, siya ay minumura na nangagsasalitaan sila-sila na sinasabi, Nagligtas siya sa mga iba; sa kaniyang sarili ay hindi makapagligtas. 32Bumaba ngayon mula sa krus ang Kristo,**

**ang Hari ng Israel, upang aming makita at sampalatayanan. At minumura siya ng mga kasama niyang nangapapako.**

**15:27 "kasama niya ang dalawang tulisan"** Ang terminong ito nangangahulugang "mga magnanakaw" o "mga maghihimagsik." Ito ay isang tiyak na katuparan ng Isaias 53:12.

Ang Awit 22 at Isaias 52:13-53:12 ay tiyak na kanilang mga ilang detalye, ngunit hindi lahat! Ang pagbabasa ng ganitong uri ng pang-Mesias na mga propesiya ay napakahirap na dahil tanging ilang mga detalye ang tumutukoy sa kalagayan ni Hesus. Ang iba ay kailangang maging (1) simboliko; (2) patula; o (3) patungkol lamang sa orihinal na pangkasaysayang kalagayan. Iyon ay tanging sa pamamagitan ng inspirasyon ng mga may-akda ng NT na ang uring ito ng Kristolohikong tipolohiya ay tunay. Sa makabagong mga mananampalataya ay pinangungunahan ng Espiritu kapag sila ay nagbabasa ng Bibliya (i.e., iluminasyon), ngunit tayo ay hindi nagkakasundo sa mga detalye, na nagpapakita na ang inspirasyon ay nakakahigit sa iluminasyon.

Ang tipolohiya ay lubhang naaabuso ng mga *post-NT* na manunulat na aking tinatangging tanggapin ang ganitong uri ng biblikal na pagpapaliwanag maliban kapag itinala ng mga may-akda ng NT. Hindi natin mauulit ang hermenyutikong mga pamamaraan ng mga kinasihang biblikal na manunulat. Kailangan nating magtiwala sa pagkakaunawa sa kung anong orihinal, kinasihang sinasabi ng mga may-akda sa kanilang araw (tingnan ang Panimulang Artikulo, "Mabuting Pagbasa ng Bibliya"). Kailangan nating iangkop ang mga katotohanang ito sa ating pangkulturang kalagayan.

**15:28** Ang talatang ito ay tinanggal ng sinaunang Griyegong unsyanong mga manuskritong א, A, B, C, at D. Iyon ay tinanggal ng NRSV, TEV, NJB, at NIV na mga salin. Iyon ay tila idinagdag bilang isang tala sa gilid ng isang sinaunang tagasulat mula sa Lucas 22:37. Iyon ay hindi bahagi ng orihinal teksto ng Marcos. Iyon ay hindi katangian para sa Marcos, na sumusulat sa mga Hentil, na ininama sa isang sipi ng OT (i.e., v. 28 ay isang pagkabanggit sa Isaias 53:12). Ang UBS[4] ay nagkakaloob sa pagtatanggal ng isang "A" na antas (may katiyakan).

**15:29 "siya'y inalipusta ng nagsisipagdaan"** Maaaring sa pananatili ng layunin at mga pamamaraan ng Romanong pagpapapako sa krus, ang lugar ng pagbitay ay matatagpuan sa isang pangunahing daan papasok ng Herusalem.

Ang mga dumaadang ito ay maaaring katuparan ng propesiya ng Mga Awit 22:6-8,12-13,16-17.

▣ **"'Ah! ikaw na iginigiba mo ang templo'"** Ang mga manunuyang ito ay maaaring silang mga bulaang nagbibintang na nasa gabi ng paghahatol ng Sanhedrin (cf. 14:58).

**15:30** Ang pagpunang ito ay isang nagpapatuloy na panlilibak (cf. vv. 31-32) sa kapangyarihan ni Hesus. Sila ay nagnanatis pa rin ng isang mahimalang tanda, kahit na sa huli nang panahon. Inaangkin nila ay sila ay hindi pa naniniwala sa Kaniya (cf. v. 32).

**15:31 "Nagligtas siya sa mga iba"** Ang terminong "ligtas" ay ginamit sa kaunawaan nito sa OT ng pisikal na pagpapalaya. Hindi maitatanggi ng mga pinunong ito ang mga himala ni Hesus, ngunit ibinilang ang Kaniyang kapangyarihan kay Satanas (cf. 3:22). Ang tao ng Herusalem ay alam na naman na si Hesus ang bumuhay kay Lazaro (cf. Juan 11).

**15:32 "Kristo, ang Hari ng Israel"** Ito ang panlilibak ang mga punong saserdote sa titulo ni Pilatong, "Hari ng mga Hudyo," na ay ipinako sa itaas ng ulo ni Hesus. Ito ay panunuya, hindi pagpapatibay!

Ito tiyak na umaakma sa panlilibak na pinagpapauna sa Mga Awit 22:6-8,12-13,16.

▣ **"At minumura siya ng mga kasama niyang nangapapako"** Iyon ay tanging sa Lucas 23:35-43 na ang salaysay ng ang nagsisising kriminal ay naitala.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 15:33-39

**[33]At nang dumating ang ikaanim na oras, ay nagdilim sa buong lupa hanggang sa oras na ikasiyam. [34]At nang oras na ikasiyam ay sumigaw si Hesus ng malakas na tinig: Eloi, Eloi, lama sabacthani? na kung liliwanagin ay, Diyos ko, Diyos ko, bakit mo ako pinabayaan? [35]At nang marinig ng ilang nangaroon, ay sinabi nila, Narito, tinatawag niya si Elias. [36]At tumakbo ang isa, at binasa ng suka ang isang espongha, saka inilagay sa isang tambo, at ipinainom sa kaniya, na sinasabi, Pabayaan ninyo; tingnan natin kung paririto si Elias upang siya ay ibaba. [37]At si Hesus ay sumigaw ng malakas na tinig, at nalagot ang hininga. [38]At ang tabing ng templo ay nahapak na nagkadalawa mula sa itaas hanggang sa ibaba. [39]At ang senturiong nakatayo sa tapat niya, nang makitang malagot ang hininga niya, ay kaniyang sinabi, Katotohanang ang taong ito ay Anak ng Diyos.**

**15:33 "ang ikaanim na oras"** Kung Hudyong panahon ay ginamit, ito ay alas-dose ng tanghali. Tingnan ang tala sa 15:1.

▣ **"nagdilim sa buong lupa"** Ito ay isa sa mga tanda ng kahatulan sa OT, alinman sa isang pangkasunduang kaunawaan (i.e., isa sa mga salot ng Ehipto, cf. Exodo 10:21; Deuteronomyo 28:28-29) o isang apokaliptikong kaunawaan (cf. Joel 2:2; Amos 8:9-10; Zephanias 1:15). Ito ay isang simbolo ng Diyos Ama na tinatanggal ang Kaniyang presensya mula sa Kaniyang Anak, na nagdala ng kasalanan ng lahat ng sangkatauhan. Ito ang kinakatakot ni Hesus sa Getsemani (ay sumisimbolo sa "Diyos ko! Diyos ko! Bakit mo ako pinabayaan?" sa v. 34). Si Hesus ay naging isang pagkasalanang hain at nagdala ng kasalanan ng lahat ng mundo (cf. II taga-Corinto 5:21). Siya ay nakaranas ng personal na paghihiwalay mula sa ang Ama. Ang kadiliman ay isang pisikal na simbolo ng Diyos Ama na tinalikuran ang Kaniyang Anak.

**15:34 "hanggang sa oras na ikasiyam"** Kung Hudyong panahon ay ginamit, ito ay alas-tres ng hapon.

▣ **"'Diyos ko, Diyos ko, bakit mo ako pinabayaan'"** Ito ay isang sipi mula sa Mga Awit 22:1. Yamang ang mga Hudyong balumbon ay walang mga paghahati ng mga kabanata at talata (lahat ay idinagdag sa mga teksto ng Bibliya noong mga gitnang panahon), iyon ay tila ang pagsisipi ng unang talatang, ninanais ni Hesus ay pagtingkarin ang kabuuan ng Awit.

Mayroong isang pagkakaiba ng palagay ang mga iskolar kung paano maisasalin ang pariralang ito

1. Ang Septuagint ay may "O Diyos, Aking Diyos, tulungan ako" (na nangyari sa Mga Awit)
2. Ang Peshitta (na isinalin ni George M. Lamsa) ay may
   a. Mga Awit 22:1, "Aking Diyos, aking Diyos, bakit hinayaan mo akong mabuhay?"
   b. Marcos 15:34, "Diyos ko, Diyos ko, dahil dito ako ay naligtas!"
3. Ang Jewish Publication Society of America ay may, Mga Awit 22:1 as "Aking Diyos, aking Diyos, bakit mo ako pinabayaan?"
4. Ang Codex Bezae (ikalimang siglo) ay may "Aking Diyos, aking Diyos, bakit mo ako linalait?" Para sa isang buong pagtalakay ng mga Nostikong suliranin na kaugnay sa talatang ito, tingnan is Bart D. Ehrman, *The Orthodox Corruption of Scripture: The Affect of Early Christological Controversies on the Text of the New Testament*, pp. 143-145.

Si Hesus ay nakaranas ng huling lubos na sukat ng pantaong kasalanan—ang pagwalay mula sa pakikisama sa Ama (cf. Isaias 54:2). Ang mga tao ay linikha para sa pakikisama sa Diyos; hindi tayo magiging buo kung wala iyon!

**15:34,35 "tinatawag niya si Elias"** Si Hesus at ang mga Apostol (at lahat ng mga Hudyo sa Palestina ng unang siglo) ay nagsasalita ng Aramaiko. Si Marcos, na sumusulat sa mga Romano, ay palaging isinasalin ang mga Aramaiko parirala, na lubhang naalala ni Pedro. Sa Aramaiko, ang Elijah ay Elias. Ang Aramaikong parirala ay nakatala din sa Mateo 27:46. Ito ay ang pinakanakakagulat na parirala na si Hesus ay nanangis sa krus. Naramdaman Niya ang pagkakalayo mula sa Ama. Si Elias, sa tradisyon, ay ang propetang darating sa panahon ng kahirapan at bago ang Mesias (cf. Malakias 3:1-6; 4:4-6), samakatuwid, ang mga nagmamasid ay iniisip na si Hesus ay nananalangin sa kaniya upang tulungan Siya.

Isa sa aking paboritong may-akda ay si F. F. Bruce. Sa kaniyang aklat na *Answers to Questions*, p. 65, binabanggit niya ang isang artikulo sa Palestine Exploration Quarterly, Enero - Abril, 1951, ni Alfred Guillaume, na nagtala na ang hulaping "aking" ay matatagpuan sa Dead Sea Scrolls bilang *iya*. Nang sinabi ni Hesus na, "Diyos ko," ang anyo ay *Eliya*, na binibigkas na napakalapit sa pangalan ni Elias. Ito ang maaaring paliwanag kung bakit mali ang pagkakaunawa ng mga meron sa mga salita ni Hesus.

**15:36 "ng suka"** Ito ay ang mumurahing alak na iniinom ng madla at mga sundalo. Ito ay maaaring maiugnay sa Mga Awit 22:15. Lubha nang natuyo si Hesus kaya kailangan Niya ang isang inumin upang matulungan Siyang sambitin ang mga kaunting natitirang salita mula sa krus (cf. Juan 19:28-30).

▣ **"saka inilagay sa isang tambo"** Ang tambo ay ginamit upang maabot ang Kaniyang bibig. Ang pagbibigay ng inumin sa mga taong ipinako sa krus ay hindi isang pagkilos ng kahabagan, ngunit isang paraan sa pagpapahaba ng buhay at natinding pagpapahirap.

▣ **"'tingnan natin kung paririto si Elias upang siya'y ibaba'"** Ito ay hindi mula sa kahabagan, ngunit ang pagnanais na makakita ng isang tanda (cf. Mateo 27:47-48).

**15:37 "malakas na tinig"** Ang Juan 19:30 ay sinasabi sa ating na winika Niyang, "Tapos na!" Ang salitang ito ay matatagpuan nakasulat sa mga kasulatang pangkalakal sa Koine Griyegong papyri mula sa Ehipto. Iyon ay tila ay isang pangkalakalang termino na nangangahulugang "nabayaran na nang buo" (i.e., Isaias 53).

**15:38 "ang tabing ng templo ay nahapak na nagkadalawa mula sa itaas hanggang sa ibaba"** Mayroong dalawang mga tabing sa panloob na dambana ng Templo, isa ang Banal na Dako at ang ikalawa ay bago sa Kabanal-banalang dako. Kung ang ikalawa ang nahati, walang makikita niyon maliban sa mga saserdote, maliban na ang ang una ay palaging binabatak at tinatali sa mga gilid. Ang mga tabing na ito ay inilalarawan sa Exodo 26:31-37. Sa panahon ni Hesus, sa binagong Templo ni Herodes, ang tabing na ito ay 60' by 30' at halos 4" ang kapal! Kung ang panlabas ay nahati, lahat ng

mga mananamba sa iba't-ibang panlabas na dko ay makikita iyon. Ito ay tila nagpapakita ng paraan ng ang napakalapit na pakikisama sa Diyos ay muling itatatag ng Diyos sa kamatayan ni Kristo (cf. Genesis 3:15; Exodo 26:31-35). Sa Mateo 27:51-53, iba pang mga himala ay naitala bilang pagpapatibay ng mga tanda.

**15:39 "ang senturion"** Ito ang rangko ng isang mababang-antas na Romanong panghukbong pinuno. Iyon sa literal ay nangangahulugang "isang pinuno ng isang daan." Ang mga lalaking ito ay ang lakas ng Romanong hukbo. Si Cornelio sa Mga Gawa 10 ay isa ding senturion. Ang Marcos ay isinulat upang mag-ebanghelyo sa taga-Roma!

▣ **"Katotohanang ang taong ito ay Anak ng Diyos"** Ito sa literal ay "ang taong ito ay isang anak ng Diyos." Gayunman ang ang pagkakawala ng kataga ay hindi tuwirang nangangahulugang iyon ay hindi tahas (cf. Mateo 4:3,6; 14:33; 27:43; at Lucas 4:3,9). Ito ay isang pinatigas na Romanong sundalo. Marami na siyang nakitang namatay na tao (cf. Mateo 27:54). Ito ay maaring "kalagitnaang talata" ng Marcos dahil ang Ebanghelyong ito ay tiyakang isinulat sa mga taga-Roma. Iyon ay may maraming Latin na mga salita at napakakaunting OT lamang ang sinipi. Gayundin, ang mga Hudyong kaugalian at mga Aramaikong parirala ay isinalin at ipnaliwanag. Dito ay isang Romanong senturion na nagpapahayag ng pananampalataya sa isang ipinako sa krus na Hudyong mapaghimagsik!

Iyon ay maaaring sa teolohiya, may layunin na ang mga dumadaan, mga punong saserdote, at kahit na ang mga kapwa bilanggo ay linilibak si Hesus, ngunit ang Romanong senturion ay tumugon sa pagpapatibay at pagkahanga!

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 15:40-41

**40 At mayroon din namang mga babae na nagsisitanaw mula sa malayo: na sa mga yaon ay nangaroroon kapuwa si Maria Magdalena, at si Mariang ina ni Santiago na bata at ni Jose, at si Salome; 41 Na, nang siya ay nasa Galilea, ay nagsisunod sila sa kaniya, at siya ay pinaglilingkuran nila; at mga iba pang maraming babae na nagsiahong kasama niya sa Herusalem.**

**15:40 "mayroon din namang mga babae na nagsisitanaw mula sa malayo"** Ang apostolikong pangkat ay pinaglilingkuran sa kapwa pananalapi at pisikal ng maraming kababaihan (i.e., pagluluto, paglalaba, atbp., cf. v. 41; Mateo 27:55; Lucas 8:3).

## NATATANGING PAKSA: KABABAIHAN SA BIBLIYA (WOMEN IN THE BIBLE)

I. Ang Lumang Tipan
  A. Sa pang-kultura, ang mga babae ay ipinalalagay na pagmamay-ari
    1. isinasama sa listahan ng pagmamay-ari (Exodo 20:17)
    2. pagtrato sa mga babaing alipin (Exodo 21:7-11)
    3. ang mga panata nga mga babae ay maaaring ipawalang-bisa ng isang lalaking may panlipunang pananagutan (Bilang 30)
    4. mga kababaihang sinasam sa digmaan (Deuteronomio 20:10-14; 21:10-14)
  B. Sa praktikal na paraan, mayroong pagkakapantay
    1. ang lalaki at babae ay linikha sa larawan ng Diyos (Genesis 1:26-27)
    2. igalang ang ama at ina (Exodo 20:12 [Deuteronomio 5:16])
    3. paggalang sa ina at ama (Levitico 19:3; 20:9)
    4. ang mga lalaki at mga babae ay maaaring maging mga Nazareo (Bilang 6:1-2)
    5. ang mga anak ng babae ay may karapatang magmana (Bilang 27:1-11)
    6. bahagi ng tao ng kasunduan (Deuteronomio 29:10-12)
    7. sundin ang mga turo ng ama at ina (Kawikaan 1:8; 6:20)
    8. ang mga anak na lalaki at anak na babae ni (pamilyang Levita) ay pinangungunahan ang pag-awit sa Templo (I Chronicles 25:5-6)
    9. ang mga anak na lalaki at mga anak na babae ay magbibigay na propesiya sa bagong panahon (Joel 2:28-29)
  C. Ang mga kababaihan ay nasa mga tungkuling pamumuno
    1. Ang kapatid ni Moises, si Mirriam, ay tinawag na isang propeta (Exodo 15:20-21 saka tingnan sa Mikas 6:4)
    2. mga babaing pinagkalooban ng Diyos na maghabi ng mgkagamitan para sa Tabernakulo (Exodo 35:25-26)
    3. isang babae, si Deborah, isa ring Propeta (cf. Hukom 4:4), ay nanumo sa lahat ng angkan (Hukom 4:4-5; 5:7)
    4. Si Huldah ay isang propeta na tinawag ni Haring Josias upang basahin at bigyang ng pagpapaliwanag ang bagong tagpong "Aklat ng Kautusan" (II Hari 22:14; II Cronika 34:22-27)
    5. Si Reyna Ester, isang maka-Diyos na babae, ay iniligtas ng mga Hudyo sa Persya
II. Ang Bagong Tipan

A. Sa pang-kultura, ang mga babae sa kapwa Judaismo at sa nasasakupang ng *Greco-Roman* ay mga pangalawang uring mamamayan na may kakaunting mga karapatang o pribilehiyo (hindi kasama ang Macedonia).

B. Mga kababaihan sa mga tungkuling pamumuno

1. Sina Elizabet at Maria, maka-Diyos sa babaing naglalaan para sa Diyos (Lucas 1-2)
2. Si anna, maka-Diyos na babaing naglilingkod sa Templo (Lucas 2:36)
3. Si Lydia, mananampalataya at pinuno sa isang bahay iglesiya (Mga Gawa 16:14,40)
4. Ang apat na birheng anak ni Felipe ay mga propeta (Mga Gawa 21:8-9)
5. Febe, diyakonesa ng inglesiya sa Cenchrea (taga-Roma 16:1)
6. Si Prisca (Priscilla), kamanggagawa ni Pablo at guro ni Apollos (Mga Gawa 18:26; taga-Roma 16:3)
7. Maria, Trifena, Trifosa, Persida, Julia, Kapatid ni Nereo, maraming mga kababaihang kamanggagawa ni Pablo (taga-Roma 16:6-16)
8. Si Junia (KJV), maaaring isang babaing apostol (taga-Roma 16:7)
9. Sina Euodia at Syntyche, kamanggagawa ni Pablo (taga-Filipos 4:2-3)

III. Paano maninimbang ng mga makabagong mananampalataya sa mga magkakaibang halimbawa?

A. Paano malalaman ang pang-kasaysayan at pang-kulturang katotohanan, na maaaring maiangkop sa orihinal na konteksto, mula sa mga walang hangang katotohanang makabuluhan sa lahat ng iglesiya, lahat ng mga mananampalatay sa lahat ng panahon?

1. Kailangan nating malaman ang layunin ng orihinal na kanasihang may-akda nang may kataimtiman. Ang Bibliya ay ang Salita ng Diyos at ang tanging paggagalingan para sa pananampalataya at kasanayan.
2. Kailangan nating pagtuunan ng pansin ang mga malinaw na kinasihang mga talata na may mga pinabatayan sa kasaysayan.
   a. ang cultus (i.e., ritwal at liturhiya) ng Israel (cf. Mga Gawa 15; taga-Galacia 3)
   b. unang siglong Judaismo
   c. Malinaw na mga pahayag ni Pablo sa I Corinto na may pinagbabatayan sa kasaysayan
      (1) ang sistemang legal ng paganong Roma (I taga-Corinto 6)
      (2) ang pananatili ang pagkaalipin (I taga-Corinto 7:20-24)
      (3) pagkasoltero (I taga-Corinto 7:1-35)
      (4) ang mga birhen (I taga-Corinto 7:36-38)
      (5) ang pag-aalay ng pagkain sa diyus-diyosan (I taga-Corinto 8; 10:23-33)
      (6) ang mga kahiya-hiyang mga pagkilos sa Hapunan ng Panginoon (I taga-Corinto 11)
3. Ang Diyos ay lubusan at maliwanag na inihahayag ang Kanyang sarili sa isang partikular na kultura, sa isang partikular na panahon. Kailangan nating pagtuunan ang kapahayagan, ngunit hindi lahat ng aspeto ng kanyang pangkasaysayang pagtulong. Ang Salita ng Diyos ay isinulat sa mga salita ng tao, na ipinahahayag sa isang partikular na kultura sa isang sa isang partikular na panahon.

B. Ang Biblikal na pagpapaliwanag ay kailangang hanapin ang orihinal na layunin ng may-akda.Ano ang kanyang sinasabi sa kanyang panahon? Ito ay binagbabatayan at napakahalaga para sa tamang pagpapaliwanag. Ngunit ngayon, kailangan nating maiangkop ito sa ating panahon. Ngayon, nandito ang suliranin ng mga kababaihan sa pamumuno (ang tunay na suliranin sa pagpapaliwanag ay maaring magbigay kahulugan sa salita. May mas higit bang mga ministeryo kaysa sa mga pastor na mikikita sa pamumuno? Nakikita ba ang mga diyakonesa o babaing propeta bilang mga namumuno?) Ito ay lubhang maliwanag kay Pablo, sa I taga-Corinto 14:34-35 at I Timoteo 2:9-15, na nagpapahayag na mga babae ay hindi dapat mamumuno sa pangmadlang panambahan! Ngunit paano ko iaangkop ito ngayon? Hindi ako papayag na ang kultura ni Pablo o ang aking kultura ang magpatahimik sa Salita ng Diyos at Kaniyang kalooban. Maaaring ang panahon ni Pablo ay napakalimitado, ngunit gayundin naman ang aking panahon ay napaka-bukas. Ako ay nakakaramdam ang pagkabalisa sa pagsasabing ang mga salita at mga katuruan ni Pablo ay may pasubali, pang-unang siglo, at mga katotohanang pang-lokal na kalagayan. Sino ako upang hayaan kong aking isip o aking kultura ay kalimutan ang isang kinasihang may-akda?!

Gayunman, ano ang aking gagawin kung may mga biblikal na halimbawa ng mga kababaihang namumuno (kahit na sa mga sulat ni Pablo, cf. taga-Roma 16)? Isang mabuting halimbawa nito ay pagtalakay ni Pablo sa pang-madlang panambahan sa I taga-Corinto 11-14. Sa 11:5 tila pinahihintulutan niyang mangaral at manalangin sa kababaihan sa pangmadlang panambahan na may takip ang kanilang mga ulo, ngunit sa 14:34-35 inutusan niya silang manatiling manahimik! Sila ay mga diyakonesa (cf. taga-Roma 16:1) at mga propetang babae (cf. Mga Gawa 21:9). Dito sa pagkakaibang ito ay nagpapahintulot sa akin ng kalayaan na kilalanin ang mga puna ni Pablo (bilang pag-uugnay sa pagbabawal sa mga kababaihan) na limitado sa unang siglong Corinto at Efeso. Sa kapwa mga iglesiya, may mga suliranin sa mga babaing gumaganap ng kanilang bagong-tuklas na kalayaan (cf. Bruce Winter, *After Paul Left Corinth*), na maaaring magdulot ng kahirapan para sa mga iglesiya na maabot ang lipunan kay Kristo. Ang kanilang kalayaan ay kailangang limitahan upang ang Ebanghelyo ay maging mas mabisa.

Ang aking pahahon ay kabaliktaran ng kay Pablo. Sa aking kapanahunan ang Ebanghelyo ay maaaring maging limitado kung ipapahayag, ang mga sinanay na kababaihan ay hindi pinahihintulutang magbahagi ng Ebanghelyo, hindi pahihintulutang mamuno! Ano ang sukdulang layunin ng pangmadlang panambahan? Di ba ito ebanghelyo at pagiging alagad? Maaari bang maparangalang at malugod ang Diyos sa mga babaing namumuno? Ang Bibliya sa kabuuan ay tila nagsasabing "oo"!

Nais kong sumang-ayon kay Pablo; ang aking teolohiya ay pangunahing kay Pablo. Hindi ko kagustuhang maging sobrang mahikayat o mapatakbo ng makabagong peminismo! Subalit, Sa aking palagay ang iglesiya ay naging mabagal na tumugon sa mga biblikal na katotohanan, tulad di-kaangkupan ng pang-aalipin, kapootang pang-lahi, pagkapanatiko, at *sexism*. Ito rin ay naging mabagal na tumugon ng naaayon sa pang-aabuso sa kababaihan sa makabagong mundo. Ang Diyos kay Kristo ay pinalaya ang mga alipin at kakabaihan. Hindi ako maglalakas-loob na hayaan ang isang talatang naka-ugat sa kultura ang gumapos sa kanila.

Isa pang punto: bilang isang tagapagsuri, nalalaman kong ang Corinto ay isang napakagulong iglesiya. Ang mga kaloob na *charismatic* ay pinahahalagahan at pinaparangalan. Ang kababaihan ay maaaring nasilo nito. Naniniwala din ako na ang Efeso ay apektado ng mga bulaang guro na nananamantala sa kababaihan at ginagamit sila bilang pamalit na mga tagapagsalita sa mga bahay-iglesiya sa Efeso.

C. Mga mungkahi para sa karagdagang pagbasa
1. *How to Read the Bible for All Its Worth* nina Gordon Fee at Doug Stuart (pp. 61-77)
2. *Gospel and Spirit: Issues in New Testament Hermeneutics* ni Gordon Fee
3. *Hard Sayings of the Bible* nina Walter C. Kaiser, Pedro H. Davids, F. F. Bruce, at Manfred T. Branch (pp. 613-616; 665-667)

▣ **"Maria Magdalena"** Ang Magdala ay isang maliit na lungsod sa dalampasigan ng Dagat ng Galilea, tatlong milya hilaga ng Tiberias. Sinundan ni Maria sa Hesus mula sa Galilea pagkatapos na Kaniyang pinala siya mula sa maraming mga demonyo (cf. Lucas 8:2). Siya ay di-tapat na binabansagan na isang patutot ngunit walang katibayan sa NT nito. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 16:1.

▣ **"Mariang ina ni Santiago na bata at ni Jose"** Sa Mateo 27:56, siya ay tinatawag na "ina nina Santiago at Jose." Sa Mateo 28:1, siya ay tinatawag na "ang iba pang Maria." Ang tunay na tanong ay, kanio siya nakasal? Sa Juan 19:25 maaaring siya kinasal kay Clopas, ngunit ang kaniyang anak na si Santiago, ay sinasabing "anak ng Alpheo" (cf. Mateo 10:3; Marcos 3:18; Lucas 6:15). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 16:1.

▣ **"Salome"** Ito ang ina nina Santiago at Juan, na bahagi ng ang panloob na pangkat ng mga alagad ni Hesus, at ang asawang babae ni Zebedeo (cf. Mateo 27:56; Marcos 15:40; 16:1-2). Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Mga Babaeng Sumusunod kay Hesus sa 16:1.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 15:42-47

**42At nang kinahapunan, sapagkat noo'y Paghahanda, sa makatuwid baga'y ang araw na nauuna sa sabbath, 43Dumating si Jose na taga Arimatea, isang kasangguni na may marangal na kalagayan, na naghihintay rin naman ng kaharian ng Diyos; at pinangahasan niyang pinasok si Pilato, at hiningi ang bangkay ni Hesus. 44At nanggilalas si Pilato kung siya ay patay na: at nang mapalapit niya sa kaniya ang senturion, ay itinanong niya sa kaniya kung malaon nang patay. 45At nang matanto niya sa senturion, ay ipinagkaloob niya ang bangkay kay Jose. 46At binili niya ang isang kayong lino, at pagkababa sa kaniya sa krus, ay binalot siya ng kayong lino at inilagay siya sa isang libingan na hinukay sa isang bato; at iginulong niya ang isang bato hanggang sa pintuan ng libingan. 47At tinitingnan ni Maria Magdalena at ni Mariang ina ni Jose kung saan siya nalagay.**

**15:42 "nang kinahapunan"** Ang Marcos ay ang tanging Ebanghelyo na binabanggit ito. Ang Exodo 12:6 ay may "mga gabi" na parang may dalawa: (1) 3:00 n.h. - 6:00 n.g. at (2) 6:00 n.g. at kinalaunan. Ang konteksto ay nagpapahiwatig iyon ay kailangang pagkatapos ng 3:00 n.h. (ang panahon ng gabing pag-aalay), ngunit bago 6:00 n.g. (ang simula ng Paskwang Sabbath).

▣ **"Paghahanda"** Ito ay tumutukoy sa araw na ang bawat bagay ay inihanda na sa kabanal-banalang linggo ng Paskwang Sabbath (i.e., Paskwa at Walang Libadurang Tinapay ay isang walong-araw na pista, sa makatuwid, iyon ay may dalawang mga Sabbath), hindi ang Paskwang hapag mismo.

**15:43 "Jose na taga Arimatea"** Siya ay tila isang lihim na alagad, kasama si Nicodemo (cf. Mateo 27:57; Juan 12:42). Gayunman, pagkatapos ng kamatayan ni Hesus, siya ay pumunta nang hayagan kay Pilato para kunin ang katawan ni Hesus (cf. Juan 19:38). Iyon ay mapanganib na makilala bilang isang kaibigan ng isang ipinako sa krus na manghihimagsik.

Bilang isang orthodox na Hudyo ng kaniyang panahon, si Jose ay naging madumi sa seremonya mismo na magdiwang ng Pang-paskwang Sabath:

1. pagpunta sa isang Hentil na bahay
2. paghipo ng isang bangkay

Gayunman, siya ay maaaring tinatanggal ang sumpa ng Deuteronomyo 21:22-23. Kadalasa, ang mga Romano ay hinahayaan ang mga katawan ng ipinako sa krus na manatiling di-nalilibing sa lugar ng kamatayan, ngunit dahil ang mga Hudyo ay lubhang maselan sa mga di-nailibing na katawan, pinahintulutan ng mga Roman na ilibing ang kanilang patay, ngunit hindi kadalasang madalian.

Ang terminong Arimathea ay nangangahulugang “taas” at ay tila ay isa pang pangalan para sa ang lungsod ng Ramah, na ay lima milya hilagang-silangan ng Herusalem.

▣ **“isang kasangguni na may marangal na kalagayan”** Si Jose ay isang kasapi ng Sanhedrin, gaya ni Nicodemo. Tingnan ang Natatanging Paksa: Sanhedrin sa 2:13.

▣ **“na naghihintay rin naman ng kaharian ng Diyos”** Si Jose ay isang relihiyosong tao (cf. Mateo 27:58). Ang Kaharian ng Diyos ay isang karaniwang Hudyong inaasahan sa mga Fariseo at ang karaniwang tao. Si Hesus ay kadalasang nangangaral sa paksang ito. Iyon ay paksa ng Kaniyang una at huling mga pangangaral at ang pagtuon ng Kaniyang mga parabula. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:15.

Sa anong kaunawaan si Jose ay naghihintay para sa kaharian ay di-tiyak. Paano iya naging isang alagad at hindi hindi nalalaman na darating ang kaharian? Marahil kaniya pa ring inaasahan ang isang panlupang kaharian (tulad ng mga alagad, cf. Mga Gawa 1:6).

▣ **“pinangahasan niyang pinasok si Pilato, at hiningi ang bangkay ni Hesus”** Ito ay gagawin siyang madumi sa seremonya na makasama sa mataas na high Sabbath ng linggo ng Paskwa. Ito ay magpapakilala sa kaniya na kasama ni Hesus, isang ipinako sa krus na manghihimagsik. Ito ay isang matapang at walang-alinlangang pagkilos.

▣ **“hiningi ang bangkay”** Karaniwang Romano ay iniiwan ang mga bangkay sa krus upang mabulok, bilang isang pagpapahinto sa paghihimagsik. Ang mga bangkay na ito ay pagmamay-ari ng Roma. Sila ay kadalasang hindi ibinabalik sa mga pamilya para sa wastong paglilibing, na lubhang mahalaga sa mga Hudyo. Ito ay isang natatangi, di-karaniwang kahilingan. Iyon ay ipinagkaloob dahil sa mga pang-Hudyong pagdaramdam tungkol sa mga bangkay na nagpapadumi sa seremonya sa lupain lalo na sa panahon ng pagdiriwang ng Paskwa.

**15:44 “nanggilalas si Pilato kung siya'y patay na”** Ang pagpapapako sa krus ay isang napakabagal at masakit na kamatayan. Kadalasan iyon ay tumatagal ng maraming araw. Ang mga Romanong sundalo ay binibigyan ang mga biktima ng tubig o alak sa tuwi-tuwina, hindi sa kahabagan, ngunit sa pagpapahaba ng kanilang kamatayan. Gayunman, ang panahong ito ang nahatulan ay dapat na madaliang mamatay dahil sa parating ng Paskwang Sabbath, kaya nga ang mga sundalo ay binali ang mga paa ng dalawang kriminal (cf. Juan 19:31ff). Ito ay ginawa upang hindi nila maitingkayad ang kanilang mga paa upang mahinga nang wasto. Sila ay mamamatay nang mabilis pagkatapos nito. Si Hesus, gayunman, ay namatay na, kaya ang Kaniyang paa ay hindi na binali. Ito ay tumutupad ng propesiya (cf. Juan 19:36, na sinisipi mula sa Exodo 12:46. Tingnan hermenyutikong pagpuna sa 15:27).

“Kung” ay hindi isang pananda para sa isang PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, ngunit isang di-tuwirang tanong. Si Pilato ay namangha sa lubhang madali na mamamatay si Hesus, samakatuwid, ninanong niya ang kaniyang mga utusan ng ganitong di-tuwirang tanong.

**15:45 “katawan”** Ang Griyegong salitang ay hindi *soma*, ngunit *ptōma*, na ay nangangahulugang bangkay. Hesus ay namatay!

**15:46 “At binili niya ang isang kayong lino, at pagkababa sa kaniya sa krus, ay binalot siya ng kayong lino”** Si Nicodemo ay nandito din (cf. Juan 19:39-40). Sila ay mabilis na inihanda ang katawan ni Hesus (i.e., dahil sa mabilis na pagdating ng Sabbath sa 6 n.g.) ayon sa Hudyong tradisyon. Ang mga Hudyo ay hindi isinasagawa ang pag-eembalsamo di gaya ng mga Ehipsyon, ngunit sila ay may isang tinakdang pamamaraan na kinapapalooban ng pagbabalot ng tela at mga pabango.

▣ **“inilagay siya sa isang libingan na hinukay sa isang bato”** Tinutupad nito ang tiyak na propesiya ng Isaias 53:9. Sinasabi sa atin ng Mateo 27:57-60 na iyon ay personal na libingan ni Jose.

▣ **“hinukay sa isang bato”** Hesus ay hindi inilibign sa lupa, ngunit sa silid sa ilalim ng lupa ng pamilya ni Jose. Iyon ay hinukay na isang batong talampas at isinasama ang maraming mga tipak na paglilibingan. Marami ang mga ito sa lugar ng Herusalem.

▣ **"bato"** Ang malaking tinapyas na pabilog na tipak ng bato ay hinugis tulad ng isang gilingang bato. Ang mga libingang ito ay palaging ninanakawan kaya sila ay isinara sa isang mabigat na bato. Ang laki ng bato ay nagpapakita na iyon ay isang libingan ng mayamang tao.

**15:47 "tinitingnan kung saan siya nalagay"** Ang terminong ito ay nangangahulugang "sa pananaw na may pag-intindi at pag-aasikaso." Ninanais nilang matiyak na si Hesus ay maayos na inihanda para sa paglilibing. Gayunman, ito rin ay nagkaloob ng kinakailangang dalawang saksi (i.e., Deuteronomyo 17:6; 19:15) upang patibayin ang isang ligal na patotoo. Hesus ay namatay at sila ay hindi pumunta sa maling libingan!

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Sino ang dumakip kay Hesus? (i.e., ang binubuo ng karamihan ng tao)
2. Papaanong di-wasto ang pag-uusig kay Hesus, kahit na sa mga pamantayang Hudyo?
3. Mayroon bang isa o dalawang lingkod ng mga babae sa mga talatang 66-69?
4. Bakit kinakabahan si Pedro sa patyo?
5. Basahin ang mga tala ng mga pag-uusig sa lahat ng apat na mga Ebanghelyo at gumawa ng sariling lata ng pagkakasunod-sunod.
6. Ilarawan kung maaari, ang nag-udyok ka Pilato sa lahat ng ito?
7. Paano natin maipapaliwanag ang inasal ng karamihan ng tao?
8. Bakit pinaglaruan ng mga sundalo si Hesus? Ilan ang iba't-ibang mga pangkat ang gumawa nito sa kaniya?
9. Itala ang iba't-ibang uri ng panunya kay Hesus.
10. Saan pinako sa krus si Hesus?
11. Bakit naramdaman ni Hesus ang paglisan ng Ama (cf. v. 34)?
12. Bakit ang v. 39 ay isang susing talata sa Ebanghelyo ni Marcos?
13. Bakit nais ni Jose na mabilisang ilibing si Hesus?

# MARCOS 16

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Muling Pagkabuhay | Siya ay Nabuhay | Ang Unang Paskwa | Ang Muling Pagkabuhay | Ang Libingang Walang Laman. Mensahe ng Anghel |
| 16:1-8 | 16:1-8 | 16:1-8 | 16:1-5 | 16:1-2 |
| | | | | 16:3-8 |
| | | | 16:6-7 | |
| | | | 16:8 | |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito ay isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng pagpapaliwanag. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata
2. Pangalawang talata
3. Pangatlong talata
4. Atbp.

### KANONISIDAD NG TALATANG 9-20

A. Hindi ako naniniwala na ang mga talatang 9-20 ay orihinal sa Ebanghelyo ni Marcos. Sila ay hindi kinasihan at hindi dapat isama sa Bagong Tipan.

B. Ang anumang talaga pagkatapos ng talagang 8 ay hindi makikita mula sa ang sinaunang unsyanong Griyegong mga manuskritong
   1. Sinaiticus, na kilala sa unang titik ng Hebreong alpabeto, א. Ang manuskritong ito ay isinasama ang buong NT at na mula sa ikaapat na siglo. Iyon ay matatagpuan sa monasteryon ng St. Catherine sa Jebul Musa, ang tradisyonal na lugar ng Bundok Sinai
   2. Vaticanus, na kilala sa Griyegong titik na B. Ito manuskrito ay isinasama ang buong NT maliban sa Pahayag at gayundin ang mula sa ikaapat na siglo.

   Iyon ay matatagpuan sa makabagong panahon sa Vatican library sa Roma.

C. Ang ikatlong sinaunang unsyanong saksi sa Griyegong Bagong Tipan, Alexandrinus, ay kilala sa Griyegong titik na A. Ang manuskritong ito ay isinasama ang buong NT at mula sa ikalimang siglo. Iyon ay mula sa Alexandria, Ehipto. Isinasama nito ang isang katapusan sa Marcos (ang isang matatagpuan sa Textus Receptus at KJV). Ang mahabang katapusang ito ay unang nakita kay Irenaeo, (A.D. 120-202) *Against Heresies* III:10:5; at Titian (A.D.110-172) na tinipong apat na mga Ebanghelyo na tinatawag na Diatessaron. Gayunman, si Clemente ng Alexandria at Origen ng Alexandria ay hindi sinipi o binanggit ang mga talatang ito kahit na sa isang pagkakataon. Sinasabi nito sa akin na ang katapusan ay hindi orihinal kahit na sa Alexandrinus, na mula sa parehong lungsod. Ang mga talata ay isinama sa MS C, na gayundin ay mula sa Alexandria sa ikalimang siglo.

D. Si Eusebio (A.D.275-340), isang sinaunang manunulat ng kasaysayan ng iglesiya ng ikaapat na siglo, ay sinabing "ang pinakawastong sipi" ay nagtatapos sa v. 8.

E. Si Jerome (A.D. 347-420), ang tagasalin ng Latin Vulgata, ay sinabing lahat halos ng Griyegong mga manuskrito ay wala nang pangwakas pagkatapos ng talatang 8.

F. Ang mga talatang 9-20 ay naglalaman ng 14-17 na mga salita na hindi dating ginamit o ginamit ng naiiba sa Ebanghelyo ni Marcos. Mayroong ding isang tinandaang pagbabago sa uri at palaugnayan (syntax). Ang maliwanag na mga di-biblikal na tanda ng v. 18 ay nagpapatibay ng di-kinasihang likas ng mga karagdagang mga talatang ito.

G. Ang mga kasulatang mula sa Ehipto (Koptiko) ay may apat na iba't-ibang pagwawakas pagkatapos ng talatang 8. Ang ilang Griyegong mga manuskritong ay isinasama ang mahabang pagwawakas (i.e., vv. 9-20) at gayundin ang maikling pangwakas o ang maikling pangwakas at gayundin ang mahabang pangwakas o isang naiibang pangwakas na pinagsama.

1. Ito ang isang maikling pangwakas mula sa isang Koptiong manuskrito: "At lahat ng mga bagay na Kaniyang inutos kay Pedro at sa kanilang nasa Kaniya, sila ay natapos nagsabi, at pagkatapos nito, inihayag ni Hesus ang Kaniyang sarili sa kanila; at mula sa pagsikat ng araw kasinglayo ng Kanluran, sila ay isinugo Niya upang ipangaral ang walang-hangang kaligtasan ng Banal na Ebanghelyo na hindi masisira."
2. Ito pa ang isa pang maikling pangwakas. "Ngunit sila ay nagsipag-ulat nang maikli kay Pedro at sa kanilang kasama niya ng mga sinabi sa kanila. At pagkatapos nito, si Hesus mismo ang nagsugo sa pamamagitan nila, mula sa silangan hanggang kanluran, ang banal at di-maglalahong pangangaral ng walang-hangang kaligtasan." Ito ay tinatawag na "maikling pagwawakas" at matatagpuan sa lumang Latin na manuskritong K.

H. Ang pangunahing suliranin ay ang Ebanghelyo ni Marcos ay tila sa natapos nang biglaan sa talatang 8. Mayroong maraming mga teoriya, ngunit walang nakakaalam ng tiyakan kung bakit natapos ang Marcos ng lubhang biglaan sa isang tala ng pagkatakot.

I. Mayroong isang mabuting paliwanag ng tekstwal na suliranin sa aklat ni Bruce M. Metzger, *A Textual Commentary on the Greek New Testament*, na inilimbag ng United Bible Societies, pp. 122-126, o Robert G. Bratcher at Eugene Nida, *A Translator's Handbook on the Gospel of Mark*, na inilimbag ng United Bible Societies, pp. 517-522.

J. Para sa isang maikling pagtalakay ng tekstwal na kritisismo, tingnan ang Dagdag Dahon Dalawa sa katapusan ng komentaryong ito.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 16:1-8

**1At nang makaraan ang sabbath, si Maria Magdalena, at si Mariang ina ni Santiago, at si Salome, ay
nagsibili ng mga pabango, upang sila ay magsiparoon at siya ay pahiran. 2At pagkaumagang-umaga nang unang
araw ng sanglinggo, ay nagsiparoon sila sa libingan nang sikat na ang araw. 3At kanilang pinaguusapan, Sino
kaya ang ating mapagpapagulong ng bato mula sa pintuan ng libingan? 4At pagkatingin, ay nakita nilang
naigulong na ang bato: sapagkat yaon ay totoong malaki. 5At pagkapasok sa libingan, ay kanilang nakita ang
isang binata na nakaupo sa dakong kanan, na nararamtan ng isang damit na maputi; at sila ay nangagitla. 6At
sinabi niya sa kanila, Huwag kayong mangagitla: hinahanap ninyo si Hesus, ang Nazareno, na ipinako sa krus:
siya ay nagbangon; wala siya rito: tingnan ninyo ang dakong pinaglagyan nila sa kaniya! 7Datapuwat magsiyaon
kayo, sabihin ninyo sa kaniyang mga alagad at kay Pedro, Siya'y nangunguna sa inyo sa Galilea: doon siya
makikita, ayon sa sinabi niya sa inyo. 8At sila ay nagsilabas, at nagsitakas mula sa libingan; sapagkat sila ay
nagsipangilabot at nangagitla: at hindi sila nangagsasabi ng anoman sa kanino man; sapagkat sila ay
nangatatakot.**

**16:1 "nang makaraan ang sabbath"** Ang sinaunang mga Israelita ay nagsisimula ng kanilang araw sa takipsilim (i.e., mga gabi), na sumusunod sa Genesis 1:5,8,13,19,23,31. Gayunman, ang taga-Roma (at mga Griyego) ay naghiram ng isang pang-Babilonyang pamamaraan sa paghahati ng araw at gabi sa labindalawang hati. Ang mga hating ito ay hindi magkakasing haba dahil sa mga pagbabagng panahon sa haba ng liwanag/dilim na mga yugto. Ang Marcos 15 ay gumagamit ng ganitong mga tanda sa panahon(i.e., ikatlong oras, v. 25; ika-anim na oras, v. 33; ika-siyam na oras, v. 34).

Ang pariralang ito makikita na tumutukoy sa ang sinaunang pamamaraan ng mga Israelita at na, samakatuwid, ang 6 p.m. ng Biyernes hanggang 6 p.m. ng Biyernes para sa Sabbath.

▣ **"Maria Magdalena, at si Mariang ina ni Santiago, at si Salome"** Tingnan ang Natatanging Paksa na susunod.

## NATATANGING PAKSA: ANG MGA BABAING SUMUNOD KAY HESUS (THE WOMEN WHO FOLLOWED JESUS)

A. Ang unang pagkabanggit sa mga kababaihang tagasunod ni Hesus na tumulong sa Kanya at sa pangkat ng Apostol ay sa Lucas 8:1-3.
   1. Si Maria, na tinatawag na Magdalena (Lucas 8:2)
      a. Mateo 27:56,61; 28:1
      b. Marcos 15:40,47; 16:1,9
      c. Lucas 8:2; 24:10
      d. Juan 19:25; 20:1,11,16,18
   2. Si Joanna, ang asawa ni Chuza (lingkod ni Herodes, Lucas 8:3) ay naibilang din sa Lucas 24:10
   3. Si Susanna (Lucas 8:3)
   4. "at marami pang iba na nag-aambag ng kanilang pagtulong mula sa mga pansariling pamamaraan" (Lucas 8:3)

B. Isang pangkat ng mga kababaihan ay nabanggit na nandoon sa pagpapapako sa krus
   1. Tala ni Mateo
      a. Maria Magdalena (Mateo 27:56)
      b. Maria ang ina nina Santiago at Josepho (Mateo 27:56)
      c. Ang ina ng mga anak ni Zebedeo (Mateo 27:56)
   2. Tala ni Marcos
      a. Maria Magdalena (Marcos 15:40)
      b. Maria ang ina ni Santiago na mas maliit at Joses (Marcos 15:40)
      c. Salome (Marcos 15:40)
   3. Ang sinabi lamang ni Lucas, "ang kababaihan na sinamahan Siya mula Galilea" (Lucas 23:49)
   4. Tala ni Juan
      a. Maria, ina ni Hesus (Juan 19:25)
      b. Kapatid ng Kaniyang ina (Juan 19:25)
      c. Maria ng Clopas [KJ Cleophas, ito ay maaaring mangahulugang asawa ni Clopas o anak na babae ni Clopas] (Juan 19:25)
      d. Maria Magdalena (Juan 19:25)

C. Isang pangkat ng mga kababaihan na nabanggit na binabantayan ang lugar na pinaglibingan kay Hesus
   1. Tala ni Mateo
      a. Maria Magdalena (Mateo 27:61)
      b. Isa pang Maria (Mateo 27:61)
   2. Tala ni Marcos
      a. Maria Magdalena (Marcos 15:47)
      b. Maria ang ina ni Joses (Marcos 15:47)
   3. Ang sinabi lamang ni Lucas, "ang kababaihang sumama sa Kaniya palabas ng Galilea" (Lucas 23:55)
   4. Si Juan ay walang tala ng mga kababaihang dumalaw sa libingan

D. Isang pangkat ng kababaihan na dumating sa libingan nang maaga ng Linggo ng Umaga
   1. Tala ni Mateo
      a. Maria Magdalena (28:1)
      b. Isa pang Maria (28:1)
   2. Tala ni Marcos
      a. Maria Magdalena (16:1)
      b. Maria na ina ni Santiago (16:1)
      c. Salome (16:1)
   3. Tala ni Lucas
      a. "sila sa dumating sa libingan" (24:1-5,24)
         (1) Maria Magdalena (24:10)
         (2) Joanna (24:10)

(3) Maria na ina ni Santiago (24:10)

4. Si Juan ay tinala lamang si Maria Magdalena (20:1,11)

E. Ang mga kababaihan na nabanggit na nandoon sa itaas na silid (Mga Gawa 1:14)
   1. "mga kababaihan" (Mga Gawa 1:14)
   2. Si Maria na ina ni Hesus (Mga Gawa 1:14)

F. Ang tiyak na kaugnayan sa pagitan ng magkakaibang kababaihan sa mga magkakaibang talang ito ay hindi maliwanag. Maliwanag na si Maria Magdalena ay mayroong nangingibabaw na tungkulin. Isang mainam na lathala sa "kababaihan" sa buhay at gawain ni Hesus ay matatagpuan sa *Dictionary of Hesus and The Gospels* na nailimbag ng IVP, pp. 880-886.

▣ **"nagsibili ng mga pabango. . . siya ay pahiran"** Bagamat ang mga kababaihang ito ay makita sina Jose at Nicodemo na inihanda at inilagay ang katawan ni Hesus sa isang libingan, tila dahil sa mga limitasyon ng panahon (i.e., sa pagitan ng 3 - 6 p.m.) maaaring nakalimutan ang ilang bagay na karaniwang pamamaraan ng pangHudyong paglilibing (maaaring ang mga mabangong kandila o ilang ilang uri ng pabango), at ang mga kababaihang ito ay tatapusin nang wasto ang tradisyonal na mga pamamaraan.

## NATATANGING PAKSA: PABANGONG PANLIBINGAN (BURIAL SPICES)

A. Mira, isang pampalasang pandikit mula sa mga puno ng Arabia (BDB 600, KB 629; tingnan ang UBS, *Fauna and Flora of the Bible*, pp. 147-148)
   1. Ang pampalasang ito ay binanggit ng labindalawang beses sa OT, karamihan sa Panitikang pangkarunungan bilang isang pabango (cf. Mga Awit 45:8; Awit ni Solomon 1:13; 4:14; 5:1, 5)
   2. Ito ay isa sa mga kaloob na dinala ng mga pantas sa sanggol na si Hesus (cf. Mateo 2:11)
   3. Ang simbolismo nito ay nakamamangha
      a. Ginamit sa "banal na pagpapahid ng langis" (Exodo 30:23-25)
      b. Ginamit bilang isang kaloob sa hari (Mateo 2:11)
      c. Ginamit upang pahiran ng langis si Hesus sa Kanyang libing (cf. Juan 19:39 at simboliko sa Juan 11:2). Ito ay ayon sa mga kaugalian ng mga Hudyo na inilalarawan sa Talmud (i.e., Berakhoth 53a).
      d. Ginamit ng mga kababaihan ng Herusalem sa isang inumin na ibinigay sa mga lalaking ipapako sa krus na linatigo sa daan (cf. Marcos 15:23) upang mabawasan ang sakit

B. Mga Aloe, isang mabangong uri ng kahoy (BDB 14 III, KB 19)
   1. Naiuugnay sa mahalimuyak na pabango (cf. Bilang 24:6; Awit 45:8; Kawikaan 7:17; Awit ni Solomon 4:14; tingnan ang UBS, *Fauna and Flora of the Bible*, pp. 90-91)
   2. Ito ay ginamit na kahalo ng mira, ng mga tage-Ehipto bilang bahagi ng pag-e-embalsamo
   3. Si Nicodemo ay nagdala ng isang malaking halaga nito para sa libing ni Hesus at pahiran siya ng langis (cf. Juan 19:39). Ito ay ayon sa mga kaugalian ng mga Hudyo na inilalarawan sa Talmud (i.e., Betsah 6a). Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Ritwal sa Paglilibing

**16:2 "pagkaumagang-umaga nang unang araw ng sanglinggo. . . nang sikat na ang araw"** Ang lahat ang mga Ebanghelyo ay nagtala ng isang bahagyang magkaibang panahon.
1. Mateo 28:1 ay may "sa bukang-liwayway"
2. Lucas 24:1 ay may "sa maagang bukang-liwayway"
3. Juan 20:1 "habang iyon ay madilim pa"

Tila ang mga kababaihang ito ay lumisan sa kanilang tahanan habang madilim pa, ngunit sa panahon na sila ay dumating (maaaring sila ay bumili ng mga pabango) sa libingan, iyon ay maliwanag na.

**16:3 "kanilang pinaguusapan"** Ito ay isang DI-GANAP NA PANAHUNAN. Sila ay patuloy na nag-aalala dito at tinatanong ang bawat nang paulit-ulit habang sila ay naglalakad patungong libingan.

▣ **"'Sino kaya ang ating mapagpapagulong ng bato'"** Sila ay malapit nasa kanilang daan na dala ang mga pabango bago nila naisip na ang malaking bato ay nakatakip sa libingan. Walang tinala ang Marcos na bantay at selyo ng Mateo 27:62-66.

Ang batong ito ay pabilog at inihugis upang iakma sa nakakiling na uka sa harapan ng bukana ng libingan. Iyon ay madaling pagulungin, ngunit napakahirap tanggalin.

**16:4 "pagkatingin"** Tila sila ay lubhang malungkot, nakatingin sa lupa na nagluluksa.

▣ **"naigulong na ang bato"** Mula sa Mateo 28:2 iyon ay tila ang bato ay pinagulong sa pagkakasara nito ng lindol (ay dinulot ng isang anghel, cf. Lucas 24:4; Juan 20:12) at iyon ay dakong gilid nito.

▣ **"sapagkat yaon ay totoong malaki"** Ang pagnanakaw sa libingan ay isang karaniwang pangyayari dahil sa halaga ng ang mga pabango at iba pang mga bagay panlibing. Ang lugar at uri ng ang arko gayundin ang laki ng bato ay nagpapakita na iyan ay libingan ng isang mayaman (cf. Isaias 53:9).

**16:5 "pagkapasok sa libingan"** Ang Juan 20:11 ay may Maria na nasa labas ng libinga na tumitingin, ngunit ang Lucas 24:3 na pinapatunayan, na kahit na sa isang pangkakataon, ang kababaihan ay pumasok.

▣ **"kanilang nakita ang isang binata na nakaupo sa dakong kanan"** Karaniwang iyon ay sa Mateo na may dalawa—dalawang mga sinapian ng demonyo sa Gadara, dalawang bulag sa Jericho, atbp.—ngunit dito, ang Lucas at Juan ay may dalawang anghel habang ang Marcos at Mateo ay may isa lamang.

Sa ang mga anghel sa Bibliya ay kadalasang ay inilalarawang bilang mga lalaki, maliban sa Zacarias 5:9-10.

▣ **"nararamtan ng isang damit na maputi"** Isang mas buong salaysay ng kaniyang damit ay matatagpuan sa Mateo 28:3 (cf. ang Lucas 24:4 ay may "nakakasilaw na kasuotan").

**16:6 "Huwag kayong mangagitla"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PAUTOS na may SALUNGAT NA KATAGA, na kadalasang nangangahulugang ihinto ang isang pagkilos na nagpapatuloy. Ang mga tao ay palaging namamangha at natatakot sa mga pisikal na pagpapakita ng espirituwal na kaharian.

▣ **"'Hesus ang Nazareno'"** Tingnan ang mas buong tala sa 14:67.

▣ **"na ipinako sa krus"** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA PANDIWARI (cf. Mateo 28:5). Ito ay may TAHAS NA PANTUKOY at maaaring isang titulo na, "ang Isang Ipinako sa Krus" (cf. I taga-Corinto 1:23; 2:2; taga-Galacia 3:1). Kapag nakita natin si Hesus, Siya pa rin ay may mga tanda ng pagpapapako sa krus, na naging tanda ng karangalan at kaluwalhatian (cf. I taga-Corinto 15:4 at Pahayag 5:12). Si Hesus ay tanging Persona ng Trinidad na may isang pisikal na katawan.

▣ **"siya ay nagbangon"** Ang muling pagkabuhay ang sentrong haligi ng Kristiyanong pananampalataya (cf. I taga-Corinto 15). Ito ay nagpapakita ng pagsang-ayon ng Diyos sa buhay at pag-aalay ni Hesus. Ito ay isang inuulit na paksa ni Pedro (cf. Mga Gawa 2:24-28,32, 3:15,26; 4:10; 5:30; 10:40; I Pedro 1:13, 3:18,21, at ni Pablo, Mga Gawa 13:30,33,34,37; 17:31; taga-Roma 4:24, 8:11; 10:9; II taga-Corinto 4:14). Ito ay pagpapatunay ng pagtanggap ng Ama sa panghaliling kamatayan ng Anak (cf. I taga-Corinto 15). Sa teolohiya, lahat ng tatlong persona ng Trinidad ay aktibo sa muling pagkabuhay ni Kristo: ang Ama (Mga Gawa 2:24; 3:15; 4:10; 5:30; 10:40; 13:30,33,34; 17:31); ang Espiritu (taga-Roma 8:11); at ang Anak (Juan 2:19-22; 10:17-18). Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Muling Pagkabuhay sa 8:31.

▣ **"tingnan ninyo ang dakong pinaglagyan nila sa kaniya"** Ito ay tumutukoy sa maraming mga ungos ng bato sa libingan ni Jose. Ang Juan 20:6-7 ay naglalarawan ng lugar ng libingan at kung paano inilagay ang mga panlibingang tela.

**16:7 "Datapuwat magsiyaon kayo, sabihin ninyo sa kaniyang mga alagad at kay Pedro"** Bakit inihiwalay si Pedro? Napakamaalalahanin at madamayin ng ating Panginoon (sa pamamagitan ng anghel), na ihihiwalay Niya ang tumalikod at nasasaktan si Pedro! Naaalala ni Pedro!

▣ **"Siya ay nangunguna sa inyo sa Galilea"** Si Hesus ay isinaayos ang isang pagpupulong kasama ang Kaniyang mga alagad sa Galilea pagkatapos ng Kaniyang muling pagkabuhay. Ang mga alagad ay hindi maliwanag na nauunawaan ang teolohikong mga kahihinatnan ng pangyayaring ito (cf. 14:28; Mateo 28:32; 28:7,10; Juan 21; I taga-Corinto 15:6). Sa aking palagay, ito ang panahon at lugar ng Dakilang Komisyon.

**16:8 "sila ay nagsipangilabot at nangagitla"** Ang Mateo 28:8 ay nagdadagdag ng "malaking kagalakan."

▣ **"hindi sila nangagsasabi ng anoman sa kanino man"** Ito ba ay panandalian o hindi nila sinunod ang mensahe ng anghel sa v. 7? Ang Juan 20:1-10 ay nagbibigay ng isang salaysay ni Maria ng Magdala na nag-uulat sa mga alagad tungkol sa libingang walang laman, ngunit walang mensahe ng anghel!

▣ **"sapagkat sila ay nangatatakot"** Ang Ebanghelyong ito ay nagtapos nang lubhang biglaan at sa gayon ay isang negatibong tala na sinusubukang dagdagan ng sinaunang eskriba ng mga buod na pagwawakas nito.

**16:9-20** Ako ay tapat sa kinasihang pang-Apostol na mga sulat bilang tunay na salitang ng Diyos, ang tanging pinagmumulan na pananampalataya at kasanayan. Gayunman, ang mga talatang ito ay hindi kinasihan, maaaring hidwang pananampalataya (pag-inom ng lason, paghawak ng mga ahas). Tinatanggihan kong magbigay ng puna sa kanila! Para sa isang buong pagtalakay ng tekstwal na suliranin, tingnan si Bruce M. Metzger, *A Textual Commentary On the Greek New Testament*, pp. 122-126.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit mayroong mga pagkakaiba sa pagitan ng mga tala ng apat na Ebanghelyo?
2. Bakit nagtapos ang Ebanghelyo ni Marcos sa isang negatibong tala?
3. Bakit ang muling pagkabuhay ang sentrong haligi ng Kristiyanong pananampalataya?

# PANIMULA SA I PEDRO

## PAGKAMAY-AKDA

A. Panloob na katibayan ng pagkamay-akda ni Pedro
   1. tiyakang ipinahayag sa sa 1:1
   2. mga pagkabanggit sa mga salita at mga karanasan sa buhay ni Hesus at ng Labindalawa
      a. mga halimbawa ay hinango mula kay E. G. Selwyn, *The First Epistle of St. Peter*, 1946
         (1) 1:3 – Juan 21:27
         (2) 1:7-9 – Lucas 22:31; Marcos 8:29
         (3) 1:10-12 – Lucas 24:25ff; Mga Gawa 15:14ff
         (4) 3:15 – Marcos 14:29,71
         (5) 5:2 – Juan 21:15ff
      b. mga halimbawa ay hinango mula kay Alan Stibbbs, *The First Epistle General of Peter*, 1971
         (1) 1:16 – Mateo 5:48
         (2) 1:17 – Mateo 22:16
         (3) 1:18 – Marcos 10:45
         (4) 1:22 – Juan 15:12
         (5) 2:4 – Mateo 21:42ff
         (6) 2:19 – Lucas 6:32; Mateo 5:39
         (7) 3:9 – Mateo 5:39
         (8) 3:14 – Mateo 5:10
         (9) 3:16 – Mateo 5:44; Lucas 6:28
         (10) 3:20 – Mateo 24:37-38
         (11) 4:11 – Mateo 5:16
         (12) 4:13 – Mateo 5:10ff
         (13) 4:18 – Mateo 24:22
         (14) 5:3 – Mateo 20:25
         (15) 5:7 – Mateo 6:25ff
   3. mga salita at mga parirala katulad sa mga pangangaral ni Pedro sa Mga Gawa
      a. 1:20 – Mga Gawa 2:23
      b. 2:7-8 – Mga Gawa 4:10-11
      c. 2:24 – Mga Gawa 5:30; 10:39 (lalo sa paggamit ng Griyegong termino na *xylon* para sa krus)
      d. 4:5 – Mga Gawa 10:45
   4. mga kapanabay na unang siglo pang-misyong paghahambing
      a. Silvano (Silas) – 5:12
      b. Marcos (Juan Marcos) – 5:13

B. Panlabas na katibayan para sa pagkamay-akda ni Apostol Pedro
   1. tinanggap nang maaga at malaganap ng sinaunang iglesiya
      a. katulad na pagparirala, maaaring mga sipi, ni Clemente ng Roma sa kaniyang *Letter to Corinthians* (A.D. 95)
      b. katulad na pagparirala, maaaring mga sipi, sa *Epistle of Barnabas* (A.D. 130)
      c. pagkabanggit ni Papias, ang Opispo ng Hieropolis (A.D. 140) sa isang sipi mula kay Eusebio, *His. Eccl.*
      d. sinipi ni Polycarp sa kaniyang *Epistle to the Philippians* 8:1, ngunit hindi niya binanggit ang I Pedro sa pangalan (si Polycarp ay namatay noong A.D. 155)
      e. sinipi ni Ireneo (A.D. 140-203)
      f. sinipi ni Origen (A.D. 185-253). Si Origen ay naniniwala na ang I Pedro 5:13, kung saan tinawag ni Pedro sa Marcos na "aking anak" ay nangangahulugang siya sumulat ng Ebanghelyo ni Pedro.
      g. sinipi ni Tertullian (A.D. 150-222)

C. Mga dahilan sa pagtatanong sa pagkamay-akda ni Apostol Pedro
   1. iyon ay hindi nakatala sa Muratorian Fragment, isang tala ng kanonikong mga aklat na inipon sa Roma sa pagitan ng A.D. 180 at 200
   2. ang Griyego ay maayos, pinahusay na Koine Griyego, na nakakagulat na mula sa isang "di-nakapag-aral" (*isang grammatos*, cf. Mga Gawa 4:13) na mga mangingisda ng Galilea
   3. iyon mukhang lubhang katulad ng mga sulat ni Pablo sa taga-Roma at taga-Efeso
   4. ang paglalarawan nito ng pag-uusig na inilarawan sa I Pedro ay mas umaakma isang mas huling petsa
      a. Domitian (A.D. 81-96)

b. Trajan (A.D. 98-117)

D. Ang mga maaaring katugunan sa mga pagpapalagay ng makabagong kaalaman

1. Ang Muratorian Fragment ay nasira at nawawala ang hindi kukulangin sa isang linya ng teksto (cf. B. F. Westcott, *A General Survey of the History of the Canon of the New Testament*, ika-6 na edisyon, p. 289).
2. Si Pedro ay hindi di-nakapag-aral (cf. Mga Gawa 4:13), ngunit hindi lamang nasanay sa isang kilalang rabinikong paaralan. Tila karamihan ng mga Hudyo sa Galilea ay bilinguwal mula sa kapanganakan. Ang iba pang pangunahing isyu sa pagtalakay na ito ay ang paggamit ni Pedro ng isang tagasulat. Ang pagkakatitik ng I Pedro 5:12 ay nagmumungkahi na kaniyang ginamit si Silvano (Silas).
3. Kapwa sina Pedro at Pablo ay kadalasang sumisipi ng liturhiko o pagsasanay na kagamitan (mga katesismong kasulatan) na karaniwang sa sinaunang iglesiya. Sila gayundin ay may ilang pagkikita sa bawat sa mga lumipas na panahon (i.e., Mga Gawa, taga-Galacia at II Pedro 3:15-16).

   Para sa akin, ang pinaka maaaring dahilan para sa pagkakatulad sa pagitan ng pagsulat nina Pedro at Pablo ay maipapaliwanag sa paggamit ni Pedro sa pang-misyong kasamahan ni Pablo na si Silas (Silvano) bilang isang tagasulat.
4. I Pedro ay hindi kinakailangang pag pakita ng isang pang-Emperyong pag-uusig. Ang pagpapatibay ni Pedro ng mga mananampalataya na nangangailangang mapailalim sa pamahalaan (cf. 2:13-17) ay di-karaniwan sa isang panahon ng opisyal na pag-uusig sa buong Emperyo.

   Ang lumulubhang sakit sa pag-iisip (engrandeng pag-aangkin) ni Nero (A.D. 54-68) ay nakapagpalakas ng loob sa mga lokal na kultong emperador, lalo na sa Asia Minor, na magsulsol ng panglokal na mga pag-uusig. Ang I Pedro ay umaakma sa panahon ni Nero kaysa kay Domitio (A.D. 81-96) o kay Trajan (A.D. 98-117). Iyon ay maaari na ang ilang pag-uusig ay nagmula sa mga Hudyong pangkat gayundin sa mga opisyal ng pampamahalaan o mga kultong emperador.

E. Walang makikita sa I Pedro mismo na nangangailangan ng isang mas huling yugto o may-akda.

## PETSA

A. Ang petsa ay maliwanag na kaugnay na pagkamay-akda.

B. Ang tradisyon ay inuugnay ang mga kamatayan nina Pedro at Pablo sa Roma sa ilalim ni Nero, maaaring A.D. 65. Kung gayon, ang I Pedro ay maaaring naisulat ng A.D. 63-64.

C. Ang isang petsa sa gitna ng unang siglo ay maaaring kung ang I Pedro ay binanggit ni Clemente ng Roma (A.D. 95).

D. Si A. T. Robertson ay naniniwala na si Pedro ay namatay noong A.D. 67-68 at sinulat ang I Pedro noong A.D. 65-66. Sa aking palagay siya ay namatay noong A.D. 64-65 at isinulat bago dito.

## MGA TUMANGGAP

A. Karaniwan sa unang siglo mga sulat, ang mga tumanggap ay naitala sa 1:1 bilang "sa nangingibang bayan na nasa Pangangalat sa Ponto, Galacia, Capadocia, Asia at Bitinia." Ang mga lalawigan ng Roma na ito (ipinagpapalagay na ang Galacia ay hilagang etnikong Galacia) ay matatagpuan sa hilagang makabagong Turkey. Ang mga pook na ito ay tila mga lugar na hindi pa naturuan ng ebanghelyo ni Pablo (cf. Mga Gawa 16:6) kahit na ni Pedro (cf. 1:12). Marahil ang mga iglesiyang ito ay nagmula sa Hudyong naging Kristiyano na bumalik sa tahanan pagkatapos ng Pentecost (cf. Mga Gawa 2:9-11).

B. Bagamat ang mga iglesiyang ito ay maaaring orihinal na sinumulan ng mga Hudyong mananampalataya sa panahon ng pagkakasulat ni Pedro, sila ay karamihang Hentil na

1. dating walang kaalaman sa Diyos (1:14)
2. walang saysay na pamamaraan ng buhay na naisalin mula sa kanilang mga ninuno (1:18)
3. ngayon ay bayan ng Diyos (2:9-10, isang paglalaro sa Osea 1:9-10; 2:23)
4. sa gitna ng mga Hentil (2:12)
5. mga talaan ng mga masamang hilig ng Hentil (4:3-4)

C. Ang aklat ay naglalaman ng mga pang-Hudyong sangkap

1. ang paggamit ng mga terminong "mga dayuhan" at "pangangalat" ay nagpapakita ng isang Hudyong kalagayan (cf. Juan 7:35; Mga Gawa 7:6)
2. ang paggamit ng mga OT Kasulatan
   a. Exodo 19 (cf. 2:5,9)

b. Isaias 53 (cf. 1:19; 2:22,24,25)

Gayunman, ang mga halimbawang ito ay hindi kinakailangang nagpapakilala ng isang Hudyong iglesiya, ngunit

1. ang pagpapalita ng mga titulo sa OT mula Israel patungo sa iglesiya (i.e., "isang kaharian ng mga saserdote")
   a. 2:5
   b. 2:9
2. isang iglesiya pagsasanay na kasulatan (i.e., katesismong materyal para sa mga bagong mananampalataya), na gumamit ng OT pang-Mesias na mga teksto
   a. 1:19 – Isaias 53:7 (i.e., Kordero)
   b. 2:22 – Isaias 53:5
   c. 2:24 – Isaias 53:4,5,11,12
   d. 2:25 – Isaias 53:6

D. Bagamat si Pedro ay tinatawag na natatangi upang maglingkod sa mga Hudyo (cf. taga-Galacia 2:8), siya, tulad ni Pablo, ay nagpapagal sa kapwa mga Hudyo at mga Hentil (cf. Mga Gawa 10). Ang pagkaligtas ni Cornelio ay nagpapakita kay Pedro ng radikal na pagkakabilang ng ebanghelyo! Ipinapakilala ng I Pedro ang bagong kaganapang ito.

## LAYUNIN

A. Ang I Pedro ay may kapwa pangdoktrina at practikal na aspeto. Gayunman, gaya ni Pablo na hinahati ang kaniyang mga sulat sa isang panimulang bahagi ng doktrina at isang pangwakas na bahagi ng paglalapat, si Pedro ay pinagsama ang dalawa. Ang kaniyang aklat ay mag mahirap ibalangkas. Sa maraming pagkakataon, iyon ay nagpapakilala ng isang pangangaral kaysa sa isang sulat.

B. Ang pangunahing isyung tinatalakay ay pagdurusa at pag-uusig. Ito ay naisakatuparan sa dalawang paraan.
1. Si Hesus ay pinakilala bilang ang pangwakas na halimbawa ng pagdurusa at pagtanggi (cf. 1:11; 2:21,23; 3:18; 4:1,13; 5:1).
2. Ang mga tagasunod ni Hesus ay tinatawag na tularan ang Kaniyang halimbawa at pag-uugali (cf. 1:6-7; 2:19; 3:13-17; 4:1,12-19; 5:9-10).

C. Sa liwanag ng pagdurusa at mga pag-uusig na lubhang karaniwan sa sinaunang taon ng Kristiyanismo, iyon ay hindi nakakagulat kung paanong ang madalas banggitin ang Ikalawang Pagparito. Ang aklat naito, tulad ng maraming mga sulat sa NT, ay puspusang eskatolohiko.

## GENRE O URI

A. Ang aklat na ito ay may karaniwang unang siglong *Greco-Roman* na panimula at pangwakas
1. 1:1-2
   a. may-akda
   b. mga tatanggap
   c. panalangin
2. 5:12-14
   a. mga pangwakas na pagbati
      (1) mula kanino
      (2) para kanino
   b. panalangin

B. Ang pangunahing katawan ng sulat ay kahawig ng isang pangangaral (pangangaral) kaysa sa isang sulat. Ang ilan ay ipinagpapalagay na iyon ay
1. unang isang pangangaral
2. unang isang liturhiya sa pagbabautismo
3. unang mga piraso ng sinaunang iglesiya katesismong sangkap na pinagsama

C. Ang sulat ay tila nagwakas sa 4:11 sa isang doxolohiya, ngunit walang Griyegong manuskrito ang hihinto sa puntong ito. Iyon ay maaari na ang 4:12-5:11 ay isang may layuning buod ng buong sulat.

D. Naniniwala ako na ang I Pedro gumaganap bilang isang umiikot na sulat sa mga iglesiya na hindi sinimula mismo ni Pedro, katulad ng taga-Colosas ni Pablo (ipinadala sa Colosas, Laodicea, at Hierapolis, cf. taga-Colosas 4:13), ngunit gayundin ang isang pangkalahatang pagbibigay-sigla sa mga mananampalataya na mag-

ingat sa mga darating na suliranin, mas katulad ng mga sulat sa taga-Galacia at taga- Efeso ni Pablo.

Ang paikot nitong genre o uri ang nagpapaliwanag sa kakulangan nito ng isang personal na panimula at pagwawaks sa sulat. Gayundin, ipinapaliwanag nito ang kakulangang ng tiyak na mga halimbawa ng pag-uusig.

## KANONISASYON

A. Aking isinama ang pangkat ng kanonisasyon sa I Pedro dahil ang isyu ay lubhang pinagtatalunan sa II Pedro.

B. Itinala ni Eusebio ang I Pedro sa *Eccl. His.* 3:3:25, bilang bahagi ng "mga aklat na hindi matututulan." Sa sinaunang iglesiya iyon ay hindi mapagdududahan bilang isang tunay na sulat mula kay Apostol Pedro.

C. Ang isyu ng kanonisidad ay lumala dahil sa bilang ng mga huwad na sulat na pinagpapalagay kay Pedro. Ang sinaunang iglesiya ay hindi tinanggap ang anuman sa mga ito, na kinikilala na tanging I Pedro at ang pinagtatalunang II Pedro bilang tunay na munla sa Apostol.
   1. Mga Gawa ni Pedro
   2. Mga Gawa nina Pedro at Andres
   3. Mga Gawa nina Pedro at Pablo
   4. Ang Pasyon nina Pedro at Pablo
   5. Ang Mga Gawa ni Pedro at ang Labindalawa
   6. Apokaliptiko ni Pedro
   7. Ebanghelyo ni Pedro
   8. Pasyon ni Pedro
   9. Pangangaral ni Pedro
   10. Mga Slavonikong Gawa ni Pedro

(Para sa isang pagtalakay ng bawat malasagisag na mga sulat tingnan ang *Zondervan Pictorial Encyclopedia of the Bible* tomo 4; pp. 721-723, 732-733, 740.) Wala sa mga sulat na ito ang inaakalang ipinagpapalagay kay Pedro ay taimtim an na itinuturing na naging bahagi ng kanon ng NT. Ito, at siya mismo, ay nagsasabi nang maraming bagay tungkol sa pagsasama ng I at II Pedro.

## UNANG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. v)

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugang ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal na Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang buong aklat ng Bibliya sa isang pagkakataon. Ipahayag ang pangunahing tema ng buong aklat sa iyong sariling salita.

1. Tema ng kabuuan ng aklat

2. Uri ng panitikan (genre)

## IKALAWANG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang pp. v)

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugang ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal na Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang buong aklat ng Bibliya sa pangalawang beses sa isang pagkakataon. Balangkasin ang pangunahing mga paksa at ipahayag ang paksa sa isang pangungusap.

1. Paksa ng unang pampanitikang yunit

2. Paksa ng pangalawang pampanitikang yunit

3. Paksa ng pangatlong pampanitikang yunit

4. Paksa ng pang-apat na pampanitikang yunit

5. Atbp.

# I PEDRO 1:1-2:3

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Pagbati | Pagbati sa mga Manlalakbay na Pinili | Mga Pagbati | Panimula | Pananalita at mga Pagbati |
| 1:1-2 | 1:1-2 | 1:1-2 | 1:1a | 1:1-2 |
| | | | 1:b-2a | |
| | | | 1:2b | |
| Isang Buhay na Pag-asa | Isang Makalangit na Mana | Magalak sa Kaligtasan | Isang Buhay na Pag-asa | Panimula at Mamanahin ng mga Kristiyano |
| 1:3-9 | 1:3-12 | 1:3-9 | 1:3-5 | 1:3-5 |
| | | | | Katapatan kay Kristo at Pag-ibig ni Kristo |
| | | | 1:6-9 | 1:6-9 |
| | | | | Ang Pag-asa ng mga Propeta |
| 1:10-12 | | 1:10-12 | 1:10-12 | 1:10-12 |
| Panawagang sa Banal na Pamumuhay | Pamumuhay sa Harapan ng Ating Diyos Ama | Isang Pagsamo sa Kabanalan | Panawagang sa Banal na Pamumuhay | Ang Pangangailangan ng Bagong Buhay at Kabana-lan sa mga Bagong Nabautismuhan |
| | | (1:13-2:10) | | |
| 1:13-16 | 1:13-21 | 1:13-16 | 1:13-16 | 1:13-21 |
| 1:17-21 | | 1:17-21 | 1:17-21 | |
| | Ang Nananatiling Salita | | | Pagbibigay-buhay ng Salita |
| 1:22-25 | 1:22-2:3 | 1:22-2:3 | 1:22-25 | 1:22-2:3 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)**
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito ay isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng pagpapaliwanag. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

---

*Bagamat sila ay hindi kinasihan, ang pagkakabahagi ng mga talata ay susi sa pag-unawa at pagsunod sa orihinal na layunin ng may akda. Bawat makabagong salin ay hinati at binuod na mga talata. Bawat talata ay may isang pangunahing paksa o kaisipan. Bawat salin ay binubuo ang isang paksa ayon sa kanyang natatanging kaparaanan. Habang binabsa mo ang talata, tanungin ang sarili kung aling salin ang nababagay at tumutugma sa iyong pagkakaunawa sa paksa at pagkakabahagi ng mga pangungusap.

Sa bawat kabanata dapat nating basahin ang Bibliya muna at subukang alamin ang mga paksa nito (talata), pagkatapos ay ipaghambing ang ating pagakakaunawa sa mga makabagong salin. Kung naunawaan na natin ang orihinal na layunin ng may akda sa pamamagitan ng pagsunod sa kanyang lohika at paglalahad, doon lamang nating masasabi na totoong naintindihan natin ang Bibliya. Tanging ang orhinal na may-akda lamang ang kinasihan- ang magbabasa ay walang karapatan na ibahin o baguhin ang mensahe. Ang mambabasa ng Bibliya ay may pananagutan na gamitin ang kinasihang katotohanan sa kanilang pang-araw-araw na buhay.

**Pansining ang lahat ng teknikal na mga salita at mga pagdadaglat ay ipinaliwanag ng husto sa Mga Dagdag na Dahong Isa, Dalawa at Tatlo.**

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Pangatlong talata

4. Atbp

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:1-2**

**[1]Si Pedro, na apostol ni Hesukristo, sa mga hinirang na nangingibang bayan na nasa Pangangalat sa Ponto, Galacia, Capadocia, Asia at Bitinia, [2]Ayon sa paunang kaalaman ng Diyos Ama, sa pagpabanal ng Espiritu, upang magsitalima at mangawisikan ng dugo ni Hesukristo: Biyaya at kapayapaan nawa ang sa inyo ay sumagana.**

**1:1 "Pedro"** Si Pedro ay ang maliwanag na tagapagsalita ng labindalawang Apostol. Siya ay isang bahagi ng panloob na pangkat (Pedro, Santiago, at Juan). Ang salaysay ni Pedro bilang saksi sa buhay at mga katuruan ni Hesus (cf. 5:1) ay tinala sa Ebanghelyo ni Marcos (maaaring ang unang Ebanghelyong isinulat; gayundin, maaaring isinulat ni Marcos mula sa mga pangangaral ni Pedro sa Roma).

Ang natatanging pakikipag-ugnayan ni Hesus kay Pedro ay naitala sa kapwa Mateo 16 at Juan 21. Gayunman, ang ganitong natatanging pakikipag-ugnayan ay hindi tinatanggap bilang pamumuno. Si Pedro bilang pinuno (Papa) ng kanluraning Kristiyanismo ay isang pangkasaysayang paglago (gaya ng Romano Katotikong pananaw kay Maria), hindi isang malinaw na biblikal na turo. Ang I Pedro ay nagkakaloob isang bintana sa pastoral na puso at napakagulong buhay ng kahanga-hangang pinunong ito.

Ang terminong *petros* sa Griyego ay nangangahulugang "isang tinanggal na bato" na may kaibahan sa (*petra*, i.e., PAMBABAE) "malaking bato" (cf. Mateo 16:18); Sa Aramaiko, kapwa ay maaaring isaling *Cephas*; anumang pagkakaiba sa pagitan ng ang dalawang Griyegong mga termino ay di makita sa mga salita ni Hesus kay Pedro!

▣ **"apostol"** Ito ay ginamit sa rabinikong Judaismo na may kahulugan ng "isang isinugo ng may awtoridad." Si Pedro ay palaging unang nakatala. Pinili ni Hesus ang Kaniyang labindalawang alagad upang makasama Niya sa isang natatanging kaunawaan at tinatawag silang "mga Apostol" (cf. Lucas 6:13). Ang terminong ito ay kadalasang ginagamit kay Hesus na isinugo ng Ama (cf. Mateo 10:40; Marcos 9:37; Lucas 9:48; Juan 4:34; 5:24,30,36,37,38; 6:29,38,39,40,57; 7:29; 8:42; 10:36; 11:42; 17:3,8,18,21,23,25; 20:21). Ang Labindalawa ay nakatala sa Mateo 10:1-4; Marcos 3:13-19; Lucas 6:12-16; Mga Gawa 1:12-13.

▣ **"Hesus"** Ang Hebreong pangalan ay nangangahulugang "si YHWH ay nagliligtas" o "si YHWH ang nagdadala ng kaligtasan." Ang pangalang ito ay inihayag sa kaniyang mga magulang ng isang anghel (cf. Mateo 1:21). Ang "Hesus" ay nanggaling sa Hebreong salita para sa kaligtasan, *hosea*, na inihulapi sa kasunduang pangalan para sa Diyos, YHWH. Iyon ay katulad sa Hebreong pangalang Joshue.

▣ **"Kristo"** Ito ay ang Griyegong katumbas ng Hebreong termino na *messiah*, na nangangahulugang "ang isang pinahiran." Iyon ay nagpapahiwatig ng "isang tinatawag at pinalakas ng Diyos para sa isang tiyak na gawain." Sa OT, tatlong mga pangkat ng mga pinuno ay pinahiran ng langis: mga saserdote, mga hari, at mga propeta. Tinupad ni Hesus ang lahat ng tatlong opisina na pinahiran ng langis (cf. Mga Hebreo 1:2-3). Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pagpapahid ng Langis ng Bibliya sa Marcos 6:13.

▣

**NASB "sa mga hinirang na nangingibang bayan"**
**NKJV "sa mga manlalakbay ng diaspora"**
**NRSV "sa pinatapon sa Pagpapakalat"**
**TEV "sa piniling bayan ng Diyos na nanirahan bilang mga takas"**
**NJB "sa kanilang lahat na namumuhay bilang taga-ibang bayan"**

Ang umiikot na sulat na ito ay pinadala sa mga pagtitipon sa karamihan ay mga Hentil na ananampalataya (1:14,18; 2:9-10,12; 4:3-4). Si Pedro ay kadalasang gumagamit ng termino sa OT na naglalarawan sa Iglesiya ng NT (cf. I Pedro 2:5,9).

▣ **"na nasa pangangalat"** Ito sa literal ay "diaspora," na ay nangangahulugang "ikalat." Ang terminong ito ay kadalasang ginamit ng mga Palestinong Hudyo upang tumutukoy sa mga Hudyong namumuhay sa labas ng Palestina (cf. Juan 7:35). Ginagamit iyon ni Pedro upang tumukoy sa mga iglesiya na binubuo ng mga Hentil at Hudyong mga

mananampalataya sa hilagang Asia Minor. Ang mga mananampalatayang ito ngayon ay mga mamamayan na ng langit (cf. taga-Filipos 3:20; Mga Hebreo 11:8-10,13-16), ngunit para sa pagpapaalala sa kanilang mga pamumuhay sa mundo na sila ay namumuhay bilang mga dayuhan at mga itinapon.

▣ **"Ponto, Galacia, Capadocia, Asia, at Bitinia"** Ang Ponto ay hindi isang Romanong lalawigan. Ang talang ito ay karamihang tumutukoy sa mga panliping pangkat. Ang tala ay tila sa nagpapakilala ng ruta ng mga tagapagdala ng sulat na ito, na nagsisimula sa Sinope sa Itim na Dagat at gumagalaw na paikot sa kanan sa Bitinia. Maraming sa mga pangkat na ito ay binanggit bilang nandoon sa Pentecost (cf. Mga Gawa 2:9-11).

**1:2 "sa mga hinirang ayon sa paunang kaalaman ng Diyos Ama"** Ito na isang malakas na pagbibigay-diin sa pagiging soberano ng Diyos (na katangian ng I Pedro), ay kadalasang ginamit sa OT upang kilalanin ang pagpili ni YHWH sa Israel (cf. Deuteronomyo 4:37; 7:6-7; 14:2; Isaias 65:9). Sa OT, ang paghirang ay kaugnay sa paglilingkod; gayunman, sa termino ng NT ay nauugnay sa espirituwal na kaligtasan.

Ang paunang kaalaman (ang PANGNGALAN [*prognōsis*], tanging dito at Mga Gawa 2:23; ang PANDIWA [*proginōskō*] ay ginamit sa teolohiya, sa taga-Roma 8:29; 11:2) ay hindi kaugnay sa pangtaong kagalingan o merito (cf. taga-Efeso 2:8-9; II Timoteo 1:9; Tito 3:5). Ang Diyos ay soberano at nandoon Siya sa lahat ng kasaysayan. Tanging ang mga tao lamang ang nakakaranas ng panahon bilang nakalipas, kasalukuyan, at panghinaharap. Tandaan na si Pedro, ang tagapagsalita para sa ang pang-Apostol na pangkat at nagkaila sa Panginoon, ay ang nagsulat ng mga salitang ito. Si Pedro ay pinili dahil sa kung sino ang Diyos, hindi dahil kung sino si Pedro! Ang biyaya ng Diyos ay hindi kaugnay na sa paunang kaalaman o kung gayon, ang kaligtasan ay magiging batay sa isang panghinaharap na pantaong pagkilos.

Ang Trinidad ay aktibong makikita dito: ang Ama (vv. 3-5); ang Anak (vv. 6-9); at ang Banal na Espiritu (vv. 10-12). Ang salitang "Trinidad" ay hindi isang biblikal na termino, ngunit ang Trinidad na Diyos ay kadalasang binabanggit sa mga pinag-isang konteksto. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Trinidad sa Marcos 1:11.

## NATATANGING PAKSA: ELEKSYON O PAGHIRANG (ELECTION)

Ang eleksyon ay isang kahanga-hangang doktrina. Gayunpaman, hindi ito pagkakatawag sa pagpapaborito, ngunit isang pagtawag na maging daluyan, isang kagamitan o paraan para sa katubusan ng iba! Sa Lumang Tipan ang salita ay ginamit ng unang-una para sa paglilingkod; Sa Bagong Tipan ito ay ginamit ng unang-una para sa kaligtasan na umuusbong sa paglilingkod. Ang Bibliya ay kailanman hindi pinag-ayos ang waring magkasalungat sa pagitan ng dakilang kapangyarihan ng Diyos at malayang pagpili ng sangkatauhan, ngunit naniniwala sa kanila pareho! Ang mabuting halimbawa ng biblikal na pag-iigting ay ang taga-Roma 9 para sa kapangyarihan ng Diyos sa pagpili at taga-Roma 10 sa kinakailangang pagtugon ng sangkatauhan (cf. 10:11,13).

Ang susi sa teolohikong pag-iigting na ito ay matatagpuan sa taga-Efeso 1:4. Si Hesus ay piniling tao ng Diyos at lahat ay potensyal na pinili sa Kanya (Karl Barth). Si Hesus ay oo ng Diyos sa pangangailangan ng makasalanang sangkatauhan (Karl Barth). Ang taga-Efeso 1:4 ay nakakatulong din na linawin ang isyu sa pamamagitan ng pagsasaad na ang tunguhin ng predestinasyon ay hindi langit, kundi kabanalan (pagiging kagaya ni Kristo). Tayo ay madalas na naaakit sa mga benepisyo ng ebanghelyo at pinagwawalang-bahala ang mga responsibilidad! Ang pagtawag ng Diyos (Eleksyon) ay para sa panahon at maging sa walang hanggan!

Ang mga doktrina ay dumating na may kaugnayan sa iba pang mga katotohanan, hindi bilang isang nag-iisa, di magka-ugnay na katotohanan. Isang magandang pagkakatulad ay ang konstelasyon at nag-iisang bituin. Ang Diyos ay nagprepresenta ng katotohanan sa silanganin, hindi kanluraning, dyanra. Dapat nating alisin ang pag-iigting na nagdulot ng dialektikal na (kabalintunaang) tambalan ng doctrinal na mga katotohanan (ang pagiging transendensiya ng Diyos laban sa Diyos na imanente. Halimbawa: Katiyakan laban pagtitiis; Hesus bilang kapantay ng Ama laban Hesus bilang nagpapasakop sa Ama; Kristyanong kalayaan laban sa Kristyanong responsibilidad sa isang tipanan kapareha; atbp.).

Ang teolohiko na konsepto ng "kasunduan" ay pinag-isa ang dakilang kapangyarihan ng Diyos (na laging nagpapasimula at nagtatakda ng mg adyenda) na may inaatas na panimula at nagpapatuloy na pagsisisi, pananampalatayang pagtugon mula sa mga tao. Maging maingat sa pagprupruwebang teksto sa isang panig ng kabalintunaan at pababain ang iba! Maging maingat sa pagsasaad lamang ng iyong paboritong doktrina o sistema ng teolohiya!

Tingnan ang mga Natatanging Paksang ito:

1. Natatanging Paksa: Eleksyon/Presdestinasyon at ang Pangangailangan sa isa Teolohikong Pagtitimbang
2. Natatanging Paksa: Presdestinasyon (Calvanismo) laban sa Malayang Pagpili ng Tao (Arminyanismo)
3. Natatanging Paksa: Kasunduan
4. Natatanging Paksa: Silangang Panitikan (mga biblikal na kabalintunaan)

▣ **"sa pagpabanal ng Espiritu"** "Ang pagpapabanal" ay mula sa parehong Griyegong ugat ng "santo" o "banal"; sa Aramaikong ugat na ito ay nagpapahiwatig na "ihiwalay para sa isang natatanging gawain." Ang mga mananampalataya ay ang "tinatawag, inihiwalay, at itinalaga sa gawain" (cf. II taga-Thesalonica 2:13, ay isa ring Trinidad na talata).

Ang panimulang pagpapatibay na ito sa katubusang kaganapan ng lahat ng tatlong persona ng Trinidad kaugnay sa

nalugmok na suliranin ng kasalanan ng sangkatauhan ay napakahalaga sa pag-unawa sa ebanghelyo ni Pedro.

1. Ang Ama – pumili
2. Ang Espiritu– nagpabanal
3. Ang Anak – nag-alay ng Kaniyang buhay

Yamang ang pariralang ito ay matatagpuan sa kapwa II taga-Thesalonica 2:13 at I Pedro 1:2, iyon ay nakakawili na magpanukala kung si Silvano (cf. 5:12, tinatawag din na Silas) ay maaaring ang tagasulat ni Pedro ginamit sa pagsulat ng I Pedro, gayundin ang tagasulat na ginamit ni Pablo sa pagsulat ng I at II taga-Thesalonica (cf. I taga-Thesalonica 1:1; II taga-Thesalonica 1:1). Mayroong maraming mga pahiwatig tulad nito sa kabuuan ng I Pedro. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Persona ng Espiritu sa Marcos at 3:29. Ito rin ay nagpapakita ng kalayaang sa pagsulat (i.e., mga salita at mga parirala) sa ibinigay sa mga eskriba sa karaniwang liturhikong pagbigkas na ginamit ng komunidad ng sinaunang iglesiya.

▣ **"upang magsitalima kay Hesukristo"** Ang Bibliya ay pinakikilala ang pakikipag-ugnayan ng sangkatauhan sa Diyos sa pangkasunduang mga termino. Ang Diyos ay palaging nagsisimula at nagtatakda ng adyenda, ngunit ang sangkatauhan ay kailangang tumugon sa pagsisisi ng kasalanan, pananampalataya, pagsunod, paglilingkod, at pagtitiis. Tayo ay naligtas upang maglingkod! Ang pagsunod ay napakahalaga (cf. Lucas 6:46; taga-Efeso 2:10). Tingnan ang Natatanging Paksa: Kasunduan sa Marcos 14:24.

▣ **"at mangawisikan ng Kaniyang dugo"** Ito ay isang talinghaga sa OT para sa

1. paglilinis at kapatawaran (cf. Levitico 14:1-7)
2. pagpapasinayan ng aklat ng Kasunduan (cf. Exodo 24:3-8)
3. paglalagay ng bagong kalagayan (cf. Exodo 29:20-22)

Ang pag-aalay ni Hesus (cf. Isaias 53; Marcos 10:45; II taga-Corinto 5:21) ay nagpapahintulot sa Kaniyang mga tagasunod na matanggap, malinis, napatawad, at magkaroon ng isang bagong pakikipag-ugnayan sa Diyos (cf. Mga Hebreo 10:22; 12:24). Ang mga mananampalataya ay isang bayan na binili ng dugo (tinubos) at diniligan ng dugo (pagpapaging-banal).

▣ **"kapayapaan nawa ang sa inyo ay sumagana"** Ito ay katulad sa II Pedro 2:1 at Hudas v. 2. Si Pablo ay ginamit din ang isang katulad na panimula sa kaniyang mga sulat. Si Pedro ay maaarin nababatid ang mga sulat ni Pablo, lalo na ang taga-Roma at taga-Efeso, o sila kapwa hinango mula sa sa isang karaniwang unang siglo katesismong (i.e., mga takdang kagamitan sa pagsasanay para sa bagong mga mananampalataya) tradisyon. Tandaang si Silas ay maaaring naglingkod bilang isang tagasulat kapwa kay Pedro (cf. 5:12) at Pablo (cf. I at II taga-Thesalonica 1:1). Si Silas din ay pinalitan ni Juan Marcos, na maaaring nagtuturo ng mga bagong mananampalataya. Kung gayon, si Silas ay kasama din sa katesismong pagsasanay at sa makatuwid ay pamilyar sa nakasulat na mga kagamitan ng sinaunang iglesiya para sa mga bagong mananampalataya.

"Ang Biyaya at Kapayapaan" ay isang natatanggi na panimulang pagbating Kristiyano gayundin ay isang teolohikong pagpapatibay ng pagiging-una ng mapagbiyayang katangian ng Diyos at mga pangkatabusang gawain na nagtakda ng kalagayan para sa kapayapaan ng sangkatauhan, isang kapayapaan dinadala ng mga pagkilos ng Trinidad na Diyos (cf. v. 2). Ang ating kapayapaan ay tanging maaari dahil sa kung sino ang Diyos at ano ang Kaniyang ginawa.

Iyon ay isang kaunting pagpapalawig upang ihayag ang karaniwang Kristiyanong pagbubukas ng sulat bilang pagpapatunay na si Pedro ay sumusulat sa kapwa nananampalatayang mga Hentil (biyaya, na isang Kristiyanong anyo ng Griyegong pagbati, *charein*) at mga Hudyo (kapayapaan, na isang salin ng karaniwang Hudyong pagbati na *shalom*).

▣ **"sa inyo ay sumagana"** Ito ay isang Hebraikong wikain na karaniwan sa Hudyong mga panalangin (cf. I Pedro 1:2; Hudas 2).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:3-9

**3Purihin nawa ang Diyos at Ama ng ating Panginoong Hesukristo, na ayon sa kaniyang malaking awa ay nagdulot sa atin na ipinanganak na muli tayo sa isang buhay na pagasa sa pamamagitan ng pagkabuhay na maguli ni Hesukristo sa mga patay, 4Sa isang manang di nasisira, at walang dungis, at hindi kumukupas, na inilaan sa langit para sa inyo, 5Na sa kapangyarihan ng Diyos ay iniingatan sa pamamagitan ng pananampalataya sa ikaliligtas na nahanda upang ihayag sa huling panahon. 6Na ito ang inyong totoong ikinagagalak, bagamat ngayon ay sa sangdaling panahon, kung kailangan, ay pinalumbay kayo sa sari-saring pagsubok, 7Upang ang pagsubok sa inyong pananampalataya na lalong mahalaga kay sa ginto na nasisira bagamat ito ay sinusubok sa pamamagitan ng apoy, ay masumpungan sa ikapupuri at ikaluluwalhati at ikararangal sa pagpapakahayag ni Hesukristo: 8Na hindi ninyo nakita ay inyong iniibig; na bagamat ngayon ay hindi ninyo siya nakikita, gayon man ay inyong sinasampalatayanan, na kayo ay nangagagalak na totoo na may galak na di masayod at puspos ng kaluwalhatian: 9Na inyong tinatanggap ang layunin ng inyong pananampalataya, ang pagkaligtas ng inyong mga kaluluwa.**

**1:3 "Purihin"** Ang terminong ito *(eulogētos)* ay hindi tulad ng isang ginamit sa Mateo 5 (*makarios*). Iyon ay natatanging ginamit sa Diyos sa NT. Nakuha natin ang Ingles na salitang "eulogy" mula sa salitang ito. Ito ay katulad sa pagpuri sa Trinidad na matatagpuan sa taga-Efeso 1:3-14: vv. 3-5 kaugnay sa Ama, 6-9 sa Anak, at 10-12 sa Espiritu.

▣ **"ang Diyos at Ama ng"** Si Thomas Aquinas ay nagtatangkang patunayan ang pag-iral ng Diyos sa pamamagitan ng pagtuon sa

1. disenyo
2. lohikong pangangailangan ng isang unang sanhi o prime mover
3. sanhi at bunga

Gayunman, ang mga ito ay tumutukoy sa pantaong pilosopiko at lohikong mga pangangailangan. Ang Bibliya ay inihahayag ang Diyos sa personal na mga kaurian na hindi makukuha sa pangtaong katuwiran o pananaliksik. Tanging ang kapahayagan ang naghayag sa Diyos bilang Ama ng ating Panginoong Hesukristo. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ama sa Marcos 13:22.

▣ **"Panginoon"** Ang Griyegong terminong "Panginoon" *(kurios)* ay ginamit sa isang pangkalahatang kaunawaan o sa isang maunlad na teolohiko kaunawaan. Iyon ay maaaring mangahulugang "mister," "ginoo," "panginoon," "may-ari," "asawang lalaki" o "ang lubos na Diyos-tao" (cf. Juan 9:36, 38). Ang paggamit sa OT ng terminong ito (Hebreo, *adon*) ay nagmula sa pag-aatubili ng mga Hudyo na bigkasin ang pangkasunduang pangalan para sa Diyos, si YHWH, mula sa Hebreong PANDIWA na "maging" (cf. Exodo 3:14). Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa pagka-Diyos sa Marcos 12:26. Sila ay natatakot na malabag ang Kautusan na, "Huwag mong babanggitin ang pangalan ng Panginoon mong Diyos sa walang kabuluhan" (cf. Exodo 20:7; Deuteronomyo 5:11). Samakatuwid, iniisip nila na kung hindi nila bibigkasin iyon, hindi nila ito magagawang walang kabuluhan. Kaya kapag sila ay nagbabasa ng Banal na Kasulatan, kanilang pinapalitan ng Hebreong salitang *adon*, na ay may isang katulad kahulugan sa Griyegong salitang *kurios* (Panginoon). Ang mga may-akda ng NT ay ginamit ang terminong ito sa paglalarawang ng buong pagka-Diyos ni Kristo. Ang pariralang "si Hesus ay Panginoon" ay maaaring ang pangmadlang pagpapahayag ng pananampalataya at isang pormula sa bautismo ng sinaunang iglesiya (cf. taga-Roma 10:9-13; I taga-Corinto 12:3; taga-Filipos 2:11).

▣ **"na ayon sa kaniyang malaking awa"** Ang talatang ito, pagpupuri sa katangian ng Diyos Ama (vv. 3-5), ay maaaring nagpapakilala ng isang sinaunang imno, tula, o katesismong liturhiya. Ang pangunahing katangian ng Bibliya ay Diyos! Ang Kaniyang layunin, katangian, at mga pagkilos ang tanging pag-asa ng nalugmok na sangkatauhan's tanging pag-asa para sa pagtanggap at pagtitiis (cf. taga-Efeso 2:4; Tito 3:5).

▣ **"na nagdulot sa atin"** Ang ganitong uri ng parirala ay ginamit upang bigyang-diin ang pagiging soberano ng Diyos bilang ang tanging biblikal na katotohanan kaugnay sa kaligtasan (cf. Mga Gawa 11:18; Santiago 1:18; taga-Efeso 1:4), ngunit ito ay tanging kalahati ng kasunduang konsepto. Tingnan ang Natatanging Paksa sa Marcos 14:24.

▣ **"ipinanganak na muli tayo"** Ito ay ang parehong ugat (*anagennaō*, cf. 1:23) gaya sa Juan 3:3 (*gennaō*). Iyon ay isang AORIST PANGKILOS NA PANDIWARI, na nagpapahayas ng isang tiyak na pagkilos. Ang NT din ay gumagamit ng iba pang mga talinghaga na naglalarawan ng ating kaligtasan: (1) "binuhay" (cf. taga-Colosas 2:13; taga-Efeso 2:4-5; (2) "bagong nilalang" (cf. II taga-Corinto 5:17; taga-Galacia 6:15); at (3) "kasalo sa maka-Diyos na kalikasan," (cf. II Pedro 1:4). Si Pablo ay mahilig sa talinghaga ng "pagkupkop" habang sina Juan at Pedro ay mahilig sa pampamilyang talinghaga "bagong kapanganakan."

Ang maging "muling ipinanganak " o "ipinanganak mula sa itaas" ay isang biblikal na pagbibigay-diin sa pangangailangan para sa isang lubusang bagong simula, isang lubusang bagong pamilya (cf. taga-Roma 5:12-21). Ang Kristiyanismo ay hindi isang repormasyon o isang bagong moralidad; iyon ay isang bagong pakikipag-ugnayan sa Diyos. Ang bagong pakikipag-ugnayan ay ginawang maaari dahil sa

1. kahabagan at biyaya ng Ama
2. ang sakripisyong kamatayan at muling pagkabuhay mulsa sa mga patay ng Anak
3. ang gawain ng Espiritu (cf. v. 2)

Ito divine will at pagkilos ay nagkakaloob mga mananampalataya isang bagong buhay, isang pamumuhay pag-asa, at isang tiyak mamanahin.

▣ **"sa isang buhay na pag-asa"** Ang PANG-URI ng "pamumuhay" ay isang inuulit na pagbibigay-diin sa I Pedro (cf. 1:3,23; 2:4,5,24; 4:5,6). Ang lahat ng niloob at ginawa ng Diyos ay "mabubuhay" at mananatili (i.e., paglalaro ng salita kay YHWH).

▣ **"sa pamamagitan ng pagkabuhay na maguli ni Hesukristo"** Si Hesus na kinatawan ng Ama ay kaparaanan ng katubusan (gaya Niya na kinatawan ng sa paglilikha gayundin sa kahatulan). Ang muling pagkabuhay ni Hesus ay isang sentrong katotohanan ng ebanghelyo (cf. taga-Roma 1:4; I taga-Corinto 15). Ang muling pagkabuhay ay ang aspeto ng Kristiyanong mensahe na hindi matanggap ng mga Griyego (cf. Mga Gawa 17:16-34).

**1:4 "Sa isang manang"** Sa OT, bawat angkan maliban kay Levi ay nakatanggap ng isang manang lupain. Ang mga Levita, bilang angkan ng mga saserdote, mga lingkod ng templo, at lokal na mga guro, ay makikita na taglay si YHWH mismo bilang kanilang mana (cf. Mga Awit 16:5; 73:23-26; 119:57; 142:5; Lam. 3:24). Ang mga manunulat ng NT ay kadalasang kinukuha ang mga karapatan at mga pribilehiyo ng mga Levita at inilalagay ang mga ito sa lahat ng mga mananampalataya. Ito ay kanilang paraan ng nagpapahayag na ang mga tagasunod ni Hesus ay ang tunay na bayan ng Diyos at ngayon ang lahat ng mga mananampalataya ay tinatawag upang maglingko bilang mga saserdote sa Diyos (cf. I Pedro 2:5,9; Pahayag 1:6), gaya ng sa OT ay nagpapahayag sa lahat ng Israel (cf. Exodo 19:4-6). Ang NT pagbibigay-diin ay hindi sa indibidwal bilang isang saserdote na may katiyakang natatanging karapatan, ngunit sa katotohanan na ang lahat ng mga mananampalataya ay mga saserdote, na nagtatakda ng isang pagkalahatang pag-uugali ng paglilingkod (cf. I taga-Corinto 12:7). Ang NT bayan ng Diyos ay pinagkalooban ng OT gawain ng pag-e-ebanghelyo sa mundo (cf. Genesis 12:3; Exodo 19:5b; Mateo 28:18-20; Mga Gawa 1:8).

Ito ay ang konsepto ni Hesus bilang may-ari ng paglalang dahil Siya ang kinatawan ng Ama sa paglalang (cf. Juan 1:3,10; I taga-Corinto 8:6; taga-Colosas 1:16; Mga Hebreo 1:2-3). Tayo ay kasamang-tagapagmana dahil Siya ay ang tagapagman (cf. taga-Roma 8:17; taga-Galacia 4:7; taga-Colosas 3:24).

## NATATANGING PAKSA: PAMANA NG MANANAMPALATAYA (BELIEVERS' INHERITANCE)

Sa OT, bawat angkan maliban kay Levi ay nakatanggap ng isang manang lupain (Joshue 14-22). Ang mga Levita, bilang angkan ng mga saserdote, mga lingkod ng templo, at lokal na mga guro, ay makikita na taglay si YHWH mismo bilang kanilang mana (cf. Mga Awit 16:5; 73:23-26; 119:57; 142:5; Panaghoy 3:24). Ang mga manunulat ng NT ay kadalasang kinukuha ang mga karapatan at mga pribilehiyo ng mga Levita at inilalagay ang mga ito sa lahat ng mga mananampalataya. Ito ay kanilang paraan ng nagpapahayag na ang mga tagasunod ni Hesus ay ang tunay na bayan ng Diyos at ngayon ang lahat ng mga mananampalataya ay tinatawag upang maglingko bilang mga saserdote sa Diyos (cf. I Pedro 2:5,9; Pahayag 1:6), gaya ng sa OT ay nagpapahayag sa lahat ng Israel (cf. Exodo 19:4-6). Ang NT pagbibigay-diin ay hindi sa indibidwal bilang isang saserdote na may katiyakang natatanging karapatan, ngunit sa katotohanan na ang lahat ng mga mananampalataya ay mga saserdote, na nagtatakda ng isang pagkalahatang pag-uugali ng paglilingkod (cf. I taga-Corinto 12:7). Ang NT bayan ng Diyos ay pinagkalooban ng OT gawain ng pag-e-ebanghelyo sa mundo (cf. Genesis 12:3; Exodo 19:5b; Mateo 28:18-20; Mga Gawa 1:8; tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH).

Ito ay ang konsepto ni Hesus bilang may-ari ng paglalang dahil Siya ang kinatawan ng Ama sa paglalang (cf. Juan 1:3,10; I taga-Corinto 8:6; taga-Colosas 1:16; Mga Hebreo 1:2-3). Tayo ay kasamang-tagapagmana dahil Siya ay ang tagapagman (cf. taga-Roma 8:17; taga-Galacia 4:7; taga-Colosas 3:24). Ang Kasulatan ay nagsasalita patungkol sa mamanahahin ng mananampalataya inheriting (cf. Mga Gawa 20:32; 26:18; taga-Efeso 1:4; taga-Colosas 1:12; 3:24) ng maraming mga bagay dahil sa kanilang pamilyang pakikipagrelasyon kay Hesus na Siyang tagapagmana ng lahat ng bagay (cf. Hebreo 1:2), at sila bilang kapwa tagapagmana (cf. taga-Roma 8:17; taga-Galacia 4:7) ng

1. ang kaharian (cf. Mateo 25:34, I taga-Corinto 6:9-10; 15:50; taga-Efeso 5:5)
2. buhay na walang hanggan (cf. Mateo 19:29; Hebreo 9:15)
3. mga pangako ng Diyos (cf. Hebreo 6:12)
4. proteksyon ng Diyos sa Kanyang mga pangako (cf. I Pedro 1:4- 5).

▣ **"di nasisira, at walang dungis, at hindi kumukupas"** Sa v. 4, tatlong naglalarawang mga parirala ay ginamit sa paglalarawan ng mamanahin ng mananampalataya gamit ang mga pangkasaysayang pagkabanggit sa OT sa Lupaing Ipinangako. Palestina sa heograpiya ay matatagpuan sa tanging tulay na lupa sa pagitan ng mga emperyo ng Mesopotamia at Ehipto. Ito ay nagdulot ng maraming pananakop at maramming pampulitikong panlilinlang. Ang mamanahin ng mga mananampalataya ay hindi apektado ng tungalian sa mundo.

1. iyon ay "hindi masisira" o "ligtas mula sa pananakop"
2. iyon ay "walang dungis" o "walang sira"
3. iyon ay "hindi kukupas"; walang hangganan sa panahon ng pagmamay-aring ito

▣ **"na inilaan sa langit para sa inyo"** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA PANDIWARI, na nangangahulugang ang Diyos ay binabantayan at nagpapatuloy bantayan ang mga mamanahin ng mga mananampalataya. Ito ay isang panghukbong termino para sa isang binabantayan o naka-garison na tanggulan (cf. taga-Filipos 4:7).

Ang terminong "langit" ay PANGMARAMIHAN. Ito ay nagpapakilala ng Hebreong PANGMARAMIHAN. Ang sinaunang Hebreo ay may maraming PANGMARAMIHANG PANGNGALAN na isang paraan ng pagbibigay-diin sa kanila (e.g. ang kinalaunang rabinikong paggamit ng PANGMARAMIHAN NG MAHARLIKA na ginamit para sa Diyos). Ang mga rabbi ay nagtatalo kung mayroong tatlong antas ng langit (cf. Deuteronomyo 10:14; I Mga Hari 8:27; Neh. 9:6; II taga-Corinto 12:2) o pitong langit dahil ang pito ay ang ganap na bilang (cf. Genesis 2:1-3).

**1:5 "Na sa kapangyarihan ng Diyos ay iniingatan"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA PANDIWARI. Habang ang ating mamanahin (espirituwal na buhay) ay iniingatan, kaya, gayundin, ay ating pagkatao (pisikal na buhay). Ang persona at mga pangako ng Diyos ay sumasakop sa bawat aspeto ng ating mga buhay. Ito ay isang kinakailangan at nakakatulong na salitang pagbibigay-sigla sa isang panahon ng pag-uusig, pagdurusa, at bulaang turo (cf. II Pedro). Ito ay hindi nagpapahiwatig na ang mga mananampalataya ay papatayin at pahihirapan; ngunit ang Diyos ay kasama nila at para sa kanila at hanggang wakas, sila ay matagumpay sa pamamagitan Niya. Ito sa teolohiya, ay katulad sa mensahe ng aklat ng Pahayag.

▣ **"sa pamamagitan ng pananampalataya"** Pansinin ang pangkasunduang kabalintunaan. Ang Diyos ang mag-iingat sa kanila at kanilang mamanahin, ngunit sila ay kailangang manatili sa pananampalataya. Iyon ay ang pag-iigting sa pagitan ng mga biblikal na dyalektikong tambalan (i.e., pagiging soberano ng Diyos at malayang pagpili ng tao) na nagdulot ng pag-unlad ng mga teolohiko sistema na nagbibigay-diin sa tanging isang panig ng kabalintunaan. Kapwa mga panig ay biblikal; kapwa mga panig ay kinakailangan! Ang Diyos ay nakikitunga sa mga tao sa pamamagitan ng walang pasubali (ang Diyos ang nagkakaloob) at may pasubali (bawat-isa ay tumutugon) na mga kasunduan.

▣ **"sa ikaliligtas na nahanda upang ihayag"** Ang Bibliya ay gumagamit ng lahat ng Griyegong MGA PANAHUNAN NG PANDIWA upang ilarawan ang kaligtasan. Hindi tayo magiging ganap, lubusang ligtas hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay (cf. I Juan 3:2). Ito ay kadalasang tinatawag na ating pagluluwalhati (cf. taga-Roma 8:29-30). Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

## NATATANGING PAKSA: MGA PANAHUNAN NG GRIYEGONG PANDIWA NA GINAMIT SA KALIGTASAN (GREEK VERB TENSES USED FOR SALVATION)

Ang kaligtasan ay hindi isang bunga, ngunit isang pakikipag-ugnayan. Ito ay hindi natapos kapag ang isang tao ay nagtiwala kay Kristo; ito ay nagsimula pa lamang! Ito ay hindi isang patakarang paneguro sa apoy, o isang tiket patungo sa langit, ngunit isang buhay na lumalago sa pagiging katulad kay Kristo (cf. taga-Roma 8:28-29; 2 taga-Corinto 3:18; 7:1; taga-Galacia 4:19; taga-Efeso 1:4; 4:13; 1 taga-Thesalonica 3:13; 4:3, 7; 5:23; 1 Pedro 1:15). Mayroon tayong kasabihan sa Amerika na nagsasabi na habang tumatagal ang mag-asawang nabubuhay ng magkasama, mas lalo silang nagiging magkamukha. Ito ang layunin ng Kaligtasan!

**KALIGTASAN BILANG ISANG NATAPOS NA PAGKILOS (AORIST)**
- Mga Gawa 15:11
- taga-Roma 8:24
- II Timoteo 1:9
- Tito 3:5
- taga-Roma 13:11 (isinasama sa AORIST na may isang PANGHINAHARAP na pag-aangkop)

**KALIGTASAN BILANG ISANG KALAGAYAN NG PAG-IRAL (GANAP)**
- taga-Efeso 2:5,8

**KALIGTASAN BILANG ISANG NAGPAPATULOY NA PROSESO (PANGKASALUKUYAN)**
- I taga-Corinto 1:18; 15:2
- II taga-Corinto 2:15
- I Pedro 3:21

**KALIGTASAN BILANG ISANG PANGHINAHARAP KALUBUSAN (PANGHINAHARAP sa PANDIWANG PANAHUNAN o konteksto)**
- taga-Roma 5:9,10; 10:9,13
- I taga-Corinto 3:15; 5:5
- taga-Filipos 1:28;
- I taga-Thesalonica 5:8-9
- Hebreo 1:14; 9:28
- I Pedro 1:5,9

Samakatuwid, ang kaligtasan ay nagsisimula sa panimulang pananampalatayang kapasyahan (cf. Juan 1:12; 3:16; taga-Roma 10:9-13), ngunit <u>kailangan</u> itong magbunga sa isang pamamaraan ng pamumuhay na pananampalataya (cf. taga-Roma 8:29; taga-Galacia 3:19; taga-Efeso 1:4; 2:10), na balang-araw ay magiging lubos sa paningin (cf. I Juan 3:2). Ang huling kalalagayang ito ay tinatawag na pagkaluwalhati. Ito ay maaaring ilarawan bilang

1. panimulang kaligtasan—pag-aaring-ganap (naligtas mula sa kabayaran ng kasalanan)
2. nagpapatuloy na kaligtasan—pagpapaging-banal (naligtas mula sa sa kapangyarihan ng kasalanan)
3. katapusang kaligtasan—pagkaluwalhati (naligtas mula sa presensiya ng kasalanan)

▣ **"sa huling panahon"** Ito ay ang kinalaunang pang-Hudyong konsepto ng dalawang panahon, ngunit mula sa Bagong Tipan, naunawaan natin na ang dalawang panahong ito ay magkasanib. Ang huling mga araw ay nagsimula sa Pagkakatawang-tao sa Bethlehem at matatapos sa Ikalawang Pagparito. Tayo ay nasa mga huling araw na nang halos dalawang libong-taon. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Panahong Ito at ang Darating na Panahon sa Marcos 13:8.

**1:6**

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"Na ito ang inyong totoong ikinagagalak"** |
| **NKJV** | **"ito ay inyong ikagagalak"** |
| **NRSV (tala sa ibaba)** | **"magalak kayo rito"** |
| **TEV** | **"malugod kayo tungkol dito"** |
| **NJB** | **"Ito ay isang dakilang ligaya sa inyo"** |

Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG MAY PAHIWATIG (Isang. T. Robertson) o PAUTOS (Barbara at Timothy Friberg). Ang mga mananampalataya ay magpapatuloy na magpupuri dahil sa kanilang tiyak na pakikipag-ugnayan sa Diyos (cf. 1:3-5) kahit na sa gitna ng isang nalugmok na mundo (cf. Santiago 1:2-4; I taga-Thesalonica 5:16; taga-Roma 5:3; 8:18).

▣ **"bagamat ngayon ay sa sangdaling panahon"** Ang mga paglilitis at mga pag-uusig ng kasalukuyan ay hindi maihahalintulad sa kawalang-hanggan kasama ang ating Panginoon (cf. taga-Roma 8:18).

▣ **"kung kailangan, ay pinalumbay kayo sa sari-saring pagsubok"** Ito ay ang Griyegong termino *dei*, na nangangahulugang kailangan o kinakailangan, na kaugnay sa isang PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI. Mayroong isang ipinagpapalagay na "maging" PANDIWA na gagawin iyon na isang PAIKOT-IKOT NA UNANG URING MAY PASUBALI, na ipinagpapalagay na totoo. Ipinagpapalagay ni Pedero na ang maka-Diyos na pamumuhay ay magbubunga sa pag-uusig. Inuulit niya ang paksang ito sa pag-uusig nang kadalasan (cf. 1:6-7; 2:19; 3:14-17; 4:1,12-14,19; 5:9).

▣ **"pinalumbay kayo"** Ito ay isang AORIST BALINTIYAK NA PANDIWARI. Ang di-inihayag na kinatawan ng BALINTIYAK NA TINIG ay isang masama; ang Diyos ay gumagamit kahit na ng kasamaan para sa Kaniyang mabuting mga layunin. Kahit na si Hesus mismo ay naging ganap sa mga bagay na Kaniyang pinagdusahan (cf. Mga Hebreo 5:8-9). Ang pagdurusa ay nagsisilbing isang kinakailangang layunin sa buhay pananampalataya!

Ang teolohikong dilemma ay ang pagdurusa ay may tatlong maaaring pinanggagalingan

1. ang isang masama o demonyo
2. isang nalugmok na mundo
3. Diyos
   a. para sa panandaliang kaparusahan ng kasalanan
   b. para sa paglagong Kristiyano

Ang suliranin ko ay hindi ko alam kung ano doon! Kaya aking piniling maniwala na kung iyon ay darating, oo, kapag iyon ay darating, gagamitin iyon ng Diyos para sa Kaniyang mga layunin. Ang aking paboritong aklat sa bahaging ito ay kay Hannah Whithall Smith, *The Christians's Secret of a Happy Life*.

▣ **"sa sari-saring pagsubok"** Ang Griyegong PANG-URI na ito ay nangangahulugang sari-saring anyo o maraming kulay (cf. Santiago 1:2). Mayroong maraming mga uri ng mga pagsubok, mga panunukso, at mga pag-uusig. Sa I Pedro 4:10 ang parehong termino ay ginamit sa paglalarawan ng mga sari-saring biyaya ng Diyos. Hindi tayo susubukin at tutuksuhin na lagpas sa Kaniyang pagbibigay ng pangangailangan (cf. I taga-Corinto 10:13).

**1:7 "Upang ang pagsubok sa inyong pananampalataya"** Ito ay isang *hina* o layunin na sugnay. Ang pagsubok ay pinapalakas ang pananampalataya. Sa lahat ng dako ng Bibliya, sinusubukan ng Diyos ang Kaniyang mga anak (cf. Genesis 22:1; Exodo 15:22-25; 16:4; Deuteronomyo 8:2,16; 13:3; Mga Hukom 2:22; II Cronica 32:31; Mateo 4:1; Lucas 4:1-2; taga-Roma 5:2-4; Mga Hebreo 5:8-9; Santiago 1:2-4).

Ang talatang ito ay may PANGNGALAN na *dikimon* at ang PANDIWARI ng *dikimazō*, kapwa ay may kahulugan ng pagsubok na may isang pananaw patungo sa pagpapatibay at samakatuwid ay pagsang-ayon. Tingnan ang Natatanging Paksa sa Mga Griyegong Termino para sa "Pagsubok" at Kanilang Mga Kahulugan sa Marcos 1:13b.

▣ **"na lalong mahalaga kay sa ginto"** Sa buhay na ito, ang ating pinakadakilang kaloob mula sa Diyos ay ating pananampalataya (cf. Juan 20:27; II taga-Corinto 4:17). Sa kawalang-hanggan, ang pananampalataya ay mababago sa pananaw. Ang Diyos ay napapangaralan at nalulugod kapag sa pamamagitan ng pananampalataya tayo ay nagpapakatatag sa pag-uusig na dulot ng ating pananampalataya sa Kaniya (cf. 4:12-16). Ang espirituwal na paglago ay tanging nagmumula sa sinubok na pananampalataya (cf. taga-Roma 5:2-5; Mga Hebreo 12:11; Santiago 1:2-4).

▣ **"sa pagpapakahayag ni Hesukristo"** Ito parehong salita (*apokalupsis*) ay ginamit bilang titulo para sa huling aklat ng ang NT, Pahayag. Iyon ay nangangahulugang "buksan," "lubusang ihayag," o "ipakilala." Dito, iyon ay tumutukoy sa Ikalawang Pagparito, isang karaniwang paksa sa mga sulat ni Pedro (cf. 1:7,13; 2:12; 4:13; 5:4).

**1:8 "Na hindi ninyo nakita"** Kahit na sa gitna ng pagdurusa, ang mga mananampalataya ay dapat magtiwala sa Kaniya. Nanalangin si Hesus para sa kanilang nananampalataya sa Kaniya ngunit hindi Siya nakita sa Juan 17:20; 20:29.

▣ **"gayon ma'y inyong sinasampalatayanan"** Ang etimolohikong kaligiran ng terminong ito ay nakakatulong patibayin ang napapanahong kahulugan. Tandaang ang mga may-akda ng NT ay mga Hebreong palaisip ng Koine Griyego. Sa Hebreo, iyon sa orihinal ay tumutukoy sa isang taong sa isang matatag na pagkakatayo, (kaniyang paa ay nakapuwesto upang siya ay hind maitulak). Iyon ay ginamit patalinghaga para sa isang tao na maaasahan, matapat, o mapagkakatiwalaan. Ang Griyegong katumbas (*pistis* o *pisteuō*) ay isinalin sa Ingles sa mga terminong "pananampalataya," "manampalataya," at "magtiwala." Ang biblikal na pananampalataya o pagtitiwala ay hindi pangunahin sa anumang bagay na ating ginagawa, ngunit isang persona na ating mapagkakatiwalaan. Iyon ay katapatan ng Diyos, hindi sa atin, ang pagtulon. Ang nalugmok na sangkatauhan ay nagtitiwala sa katapatan ng Diyos, manamapalataya sa Kaniyang katapatan, maniwala sa Kaniyang Minamahal at sa Kaniyang pagtutustos. Ang pagtuon ay hindi sa kasaganahan o kasidhian ng pantaong pananampalataya, ngunit ang layon ng pananampalataya (cf. 1:8,21; 2:6-7). Tingnan ang Natatanging Paksa sa Marcos 1:15.

▣ **"kayo ay nangagagalak na totoo na may galak na di masayod"** Ang terminong "lubhang kagalakan" ay ginamit nang maaga sa v. 6. Iyon ay tumutukoy sa isang marubdob na kagalakan na kadalasang sinasamahan ng pisikal na mga kapahayagan tulad ng pagsigaw, pagsayaw, atbp. (cf. Lucas 1:44,47; 10:21; Juan 5:35; 8:56). Ang kagalakang ito, na sinasabi ni Pedro, ay matatagpuan kahit na sa gitna ng pagdurusa (cf. 4:13; taga-Roma 5:3; I taga-Thesalonica 5:17). Ang kagalakang ito ay isa sa mga di-inaasahang pagpapala ng Espiritu sa panahon ng pagsubok at pag-uusig.

▣ **"puspos ng kaluwalhatian"** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA PANDIWARI. Ang mga mananampalataya sa pamamagitan ng pananampalataya (hindi ng paningin) ay lumalagablab sa kapwa di-maipahayag na kagalakan at puno ng kaluwalhatian! Ang kagalakan at kaluwalhatian ay hindi maitatago. Iyon ay isang dumadaloy na bukal na nililikha ng Espiritu (cf. Juan 4:14; 7:38). Iyon ay isang patotoo sa kapangyarihan ng ebanghelyo sa lahat ng dumating sa pagkakakilala sa mga tao ng ebanghelyo sa ilalim ng kahirapan. Tingnan ang Natatanging Paksa: Kaluwalhatian sa Marcos 10:37.

**1:9 "Na inyong tinatanggap ang layunin ng inyong pananampalataya"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG PANDIWARI. Ito ay nagpapahiwatig na ang ating kagalakan ay hindi tanging isang panghinaharap na kalubusan, ngunit gayundin, isang pangkasalukuyang katotohanan kahit na sa gitna ng pagdurusa dahil sa mga pagkilos ng Trinidad na Diyos para sa ating kapakanan (cf. v. 2).

▣ **"ang pagkaligtas ng inyong mga kaluluwa"** Ito ay tumutukoy sa ating pagluluwalhati. Ang kaligtasan ay tinitingnan sa NT bilang isang kapasyahang na ginawa (AORIST NA PANAHUNAN, cf. taga-Roma 8:24), ngunit gayundin bilang isang nagpapatuloy na proseso (PANGKASALUKUYANG PANAHUNAN, cf. I taga-Corinto 1:18; 15:2; I taga-Thesalonica 4:14) na may isang panghinaharap na kalubusan (i.e., PANGHINANARAP NA PANAHUNAN, cf. taga-Roma 5:9,10; 10:9). Tingnan ang Natatanging Paksa sa I Pedro 1:5. Ang panghinaharap na aspetong ito ay kadalasang makikilala bilang "pagluluwalhati" (cf. taga-Roma 8:29-30). Ang mga mananampalataya sa isang araw makikita sa Hesus bilang kung sino Siya at babaguhin sa Kaniyang wangis (cf. I Juan 3:2).

Ang Griyegong termino na *psuchē* (kaluluwa) ay kadalasang ginagamit sa mga sulat ni Pedro (cf. 1:9,22; 2:11,25; 3:20; 4:19; II Pedro 2:8,14). Iyon ay ginamit bilang isang Hebraikong wikain para buong persona. Ang mga tao ay hindi dalawang-bahagi o tatlong-bahagi na mga nilalang, ngunit isang tanging kaisahan (cf. Genesis 2:7). Iyon ay tunay na tayo bilang mga tao ay nauugnay sa planetang ito, dahil tayo ay ginagawa sa larawan at wangis ng Diyos, tayo ay nauugnay sa espirituwal na kaharian. Tayo ay mga mamamayan ng dalawang kaharian.

Iyon ay di-nararapat na bumuo ng isang sistematikong teolohiya sa I taga-Thesalonica 5:23 at Mga Hebreo 4:12 at sa gayong paraan ay sumubukang iugnay ang lahat ng biblikal na mga teksto sa tatlong kaurian (katawan, kaluluwa, at espiritu). Sila ay tumutukoy lamang sa buong persona at ang tumatago na kapangyarihan ng salita ng Diyos. Mag-ingat sa isang tao na nag-aangkin na ang susi sa buong Bibliya ay matatagpuan sa dalawang palihis na mga teksto, patunay-talata na wala sa konteksto at ginawa itong isang teolohikong pananaw kung saan titingna ang lahat ng Banal na Kasulatan (Watchman Nee). Kung ito ay isang susi, ang Espiritu ay inilagay iyon sa isang malinaw na nagtuturong konteksto at inuulit iyon nang may kadalasan. Ang Bibliya ay hindi isang aklat ng mga palaisipan o nanunukso ng kaisipan! Ninanais ng Diyos na makipag-ugnayan sa atin at ang mga pangunahing katotohan ay matatagpuan sa mga malinaw na panturong konteksto.

## MGA KAUNAWAANG KONTEKSTWAL SA MGA TALATANG 1:10-21

A. Ang mga talatang 10-12 ay tumutukoy sa kaalaman ng mga propeta ng Lumang Tipan ng kaligtasan kay Kristo sa NT.
B. "Ang Espiritu" sa pamamagitan ng mga propeta, ay inihahayag ang tatlong bagay sa mga mananampalataya sa mga talatang 11-12.
   1. ang pagdurusa ng Mesias (Genesis 3:15; Awit 22; Isaias 52:13-53:12)
   2. ang kaluwalhatian na susunod (Isaias 56-66)

3. ang mga propeta ay nagpapahayag na higit kaysa sa kanilang sariling panahon lamang (i.e., Isaias, Ezekiel, Daniel, Mikas, Zacarias)

C. Sa mga talatang 13-17, hinihingi ni Pedro sa mga mananampalataya sa gawin ang anim na mga bagay upang bantayan sa kanilang mga sarili
   1. bigsihan ang kanilang pag-iisip, v. 13
   2. maging mapagpigil sa espiritu, v. 13
   3. nakatakda ang kanilang pag-asa sa biyaya ng katapusang-panahon, v. 13
   4. huwag tumalima sa pangkasalukuyang panahon, v. 14
   5. mamuhay na may kabanalan, v. 15
   6. mabuhay ng may paggalang sa Diyos, v. 17
   7. mangag-ibigan kayo ng buong ningas (ikapito na idinagdag mula sa v. 22)

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:10-12

**[10]Tungkol sa pagkaligtas na ito ay nagsikap at nagsiyasat na maigi ang mga propeta, na nangagsihula tungkol sa biyayang dadating sa inyo: 11Na sinisiyasat ang kahulugan kung ano at kailang panahon itinuro ng Espiritu ni Kristo na sumasa kanila, nang patotohanan nang una ang mga pagdurusa ni Kristo, at ang mga kaluwalhatiang hahalili sa mga ito. [12]Na ipinahayag sa kanila, na hindi sa ganang kanilang sarili, kundi sa ganang inyo, pinangasiwaan nila ang mga bagay na ito, na ngayon ay ibinalita sa inyo sa pamamagitan ng mga nagsipangaral sa inyo ng ebanghelyo sa pamamagitan ng Banal na Espiritu na sinugo mula sa langit; na ang mga bagay na ito ay ninanasang mamasdan ng mga anghel.**

**1:10 "Tungkol sa pagkaligtas na ito"** Ito ay pasksa simula pa sa (1) v. 2, na naglalarawan sa gawa ng Trinidad na Diyos sa kaligtasan; (2) v. 3-5, na naglalarawan ng pananatili at pangangalaga ng Diyos sa kaligtasang ito; at (3) vv. 6-9, na naglalarawan sa pagdurusa ng mga mananampalataya dahil sa kaligtasang ito.

▣ **"ang mga propeta"** Ito ay tumutukoy sa mga propeta OT (cf. v. 12). Sa rabinikong kaisipan ang lahat ng kinasihang mga manunulat ay itinuturing na mga propeta. Si Moises ay tinatawag na isang propeta (cf. Deuteronomyo 18:18) at kung ano ang tinatawag natin sa Ingles na mga pangkasaysayang aklat (i.e., Joshue hanggang sa Mga Hari) ay tinatawag ng mga Hudyo na "ang mga nakaraang propeta."

▣ **"sa biyayang dadating sa inyo"** Ang pariralang ito ay nagpapahiwatig na ang mga propeta ng OT ay nalalaman ang ilang bagay ng bagong kasunduan. Ito rin kinahihinatnan ng pahayag ni Hesus patungkol kay Abraham sa Juan 8:56 (cf. II Esdras 3:14). Ang katulad na kinahihinatnan ay ipinahayag sa Mga Hebreo 11:13b. Iyon ay mahirap na malaman ang tiyak kung gaano karami ang nalalaman ng mga propeta sa OT tungkol sa ang ebanghelyo. Ang paglalarawan ni Jeremias sa Bagong Kasunduan sa Jeremias 31:31-34 (gayundin ang Ezekiel 36:22-38) ay nagtuturo patungo sa isang pagtanggap batay sa pag-ibig at mga pagkilos ng Diyos, hindi pantaong kaganapan. Isinasaad ng Mateo 13:17 maraming mga propeta sa OT ang nakakita at nakarinig sa kung ano ang ginagawa at sinasabi ni Hesus.

Kahit na propesiya ni Isaias tungkol sa pagdadalang-tao ng isang birhen (cf. 7:14), kapag ipinaliwanag sa konteksto, ay tumutukoy sa isang karaniwang pagsilang na may higit sa karaniwang panahon (cf. 7:15-16), hindi natatangi sa isang panghinaharap na pang-Mesias kapanganakan. Sina Mateo at Lucas ang nakikita ng punong kahihinatnan ng propesiya ni Isaias. Ito ay tunay din sa iba pang tiyak na mga propesiya sa Osea (cf. 11:1) at Zacarias (cf. 9:9; 11:13; 12:10). Iyon ay mga Hudyong nagsasalita ng Griyegong ng NT at ang mga Apostol na lubusang inihayag si Hesus mula sa OT (Kristolohikong tipolohiya). Nalaman nila ito mula kay Hesus mismo habang Siya ay nagtuturo sa dalawa sa daan patungong Emmaus (cf. Lucas 24:13-35, lalo na v. 27).

▣ **"nagsikap at nagsiyasat na maigi"** Ang mga ito ay tila magkasing-kahulugan (cf. *Greek-English Lexicon of the New Testament: based on Semantic Domains*, Vol. 1, p. 331).

**1:11**

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"Na sinisiyasat ang kahulugan kung ano at kailang panahon"** |
| **NKJV** | **"sinisiyasa kung ano, o anong manner ng panahon"** |
| **NRSV** | **"nag-uusisa tungkol sa tao o panahon"** |
| **TEV (tala sa ibaba)** | **"sinusubukang malaman kung kailan at paano iyon darating"** |
| **NJB** | **"sinisiyasa ang panahon at mga pangyayari"** |

Ito ay nagpapahiwatig kapwa isang persona at isang panahon. Inaasahan nila ang isang Mesias na galing kay David upang pumasako sa kasaysayan sa isang tiyak na panahon na itinalaga ng diyos. Tulad natin, sila ay "tumitingin sa isang madilium na salamin" (cf. I taga-Corinto 13:9-13).

▣ **"ang Espiritu ng Kristo na sumasa kanila"** Ang Espiritu at ang Mesias ay nauugnay sa OT (cf. Isaias 11:1-2; 48:16; 61:1). Pansining ang Banal na Espiritu ay tinatawag na "Ang Espiritu ni Kristo" (cf. taga-Roma 8:9; taga-Galacia 4:6). Tandaan din ang panananahang aspeto ng Espiritu, kahit na sa OT. Ang mga gawain ni Hesus' at ng Espiritu ay magkasanib. Tingnan ang parehong katotohanan na inihayag sa II Pedro 1:21.

## NATATANGING PAKSA: SI HESUS AT ANG ESPIRITU (JESUS AND THE SPIRIT)

Mayroong pagkakatulad sa gawain ng Espiritu at ang Anak. Si G. Campbell Morgan ay sinabing ang pinakamahusay na pangalan ng para sa Espiritu ay "ang ibang Hesus" (samakatuwid, sila ay natatanging, walang hanggang persona). Ang sumusunod ay isang balangkas ng paghahambing ng gawa at mga titulo ng Anak at Espiritu.

1. Ang Espiritu ay tinawag na "Espiritu ni Hesus" o sa mga katulad na pahayag (cf. taga-Roma 8:9; II taga-Corinto 3:17; taga-Galacia 4:6; I Pedro 1:11).
2. Kapwa tinawag sa katulad na mga salita
   a. "katotohanan"
      1) Hesus (Juan 14:6)
      2) Espiritu (Juan 14:17; 16:13)
   b. "tagataguyod"
      1) Hesus (I Juan 2:1)
      2) Espiritu (Juan 14:16,26; 15:26; 16:7)
   c. "Banal"
      1) Hesus (Lucas 1:35; 4:34)
      2) Espiritu (Lucas 1:35)
3. Kapwa namamalagi sa mga mananampalataya
   a. Hesus (Mateo 28:20; Juan 14:20,23; 15:4-5; taga-Roma 8:10; II taga-Corinto 13:5; taga-Galacia 2:20; taga-Efeso 3:17: taga-Colosas 1:27)
   b. Espiritu (Juan 14:16-17; taga-Roma 8:9,11; I taga-Corinto 3:16; 6:19; II Timoteo 1:14)
   c. Ama (Juan 14:23; II taga-Corinto 6:16)
4. Ang layunin ng Espiritu ay nagpapatotoo kay Hesus (cf. Juan 15:29; 16:13-15)

▣ **"patotohanan nang una ang mga pagdurusa ni Kristo"** Ito ang kinakagulat ng mga Hudyo (cf. I taga-Corinto 1:23). Ang Nagdurusang Lingkod ay naging isang sentrong haligi ng sinaunang mga pangangaral nina Pedro at Pablo sa Mga Gawa na tinatawag nating *kerygma* (i.e., na siyang ipinangaral, cf. 2:23,24; 3:18; 4:11; 10:39; 17:3; 26:23). Ito ang tiyak na sinubukang sabihin ni Hesus sa Labindalawa sa panahon ng Kaniyang pagsama sa kanila (cf. Mateo 16:21; 20:17-19; Marcos 8:31; Lucas 9:22), ngunit hindi nila ito matanggap (cf. Marcos 9:31-32; 10:32-34; Lucas 9:44-45; 18:31-34).

Mayroong mga pahiwatig sa pagdurusa ng Mesias sa OT (i.e., Genesis 3:15; Awit 22; Isaias 53), ngunit ang mga Israelita ng OT ay inaasahan ang Mesias na darawing bilang isang mananakop na bayani upang hatulan ang lahat ng sangkatauhan at ipinanumbalik ang Israel sa isang lugar ng katanyagan at kapangyarihan. Hindi nila nakita ang dalawang pagdating ng Mesias na naihayag sa buhay at mga katuruan ni Hesus (i.e., Tagapagligtas, Hukom).

Sa baba ay isang nakakawili tsart ng *kerygma* matatagpuan kay, H. Wayne House, *Chronological and Background Charts of the New Testament*, (p. 120).

## NATATANGING PAKSA: ANG *KERYGMA* NG SINAUNANG IGLESYA (THE *KERYGMA* OF THE EARLY CHURCH)

Mayroong napakaraming palagay patungkol sa Kristiyanismo. Ang ating panahon ay isang panahon ng pang-relihiyong pluralismo, tulad ng unang siglo. Sa aking palagay, aking lubusang isinasama ang tinatanggap ang lahat ng pangkat na nag-aangkin na nakakakilala at nagtitiwala kay Hesukristo. Tayong lahat ay tututol dito o doon ngunit ang saligan ng Kristiyanismo ay tungkol lahat kay Hesus. Gayunman, mayroong mga pangkat na nag-aangkin na isang Kristiyano na tila "magkakatulad ng mukha" o "*johnny-come-latelies*." Paano ko masasabi ang pagkakaiba?

Marahil, mayroong dalawang paraan.

A. isang makakatulong na aklat upang malaman kung ano ang paniniwala ng mga kultong pangkat (mula sa kanilang sariling teksto) ay *The Kingdom of the Cults* ni Walter Martin.
B. ang mga pangangaral ng sinaunang iglesiya, lalo na kina Apostol Pedro at Pablo sa Aklat ng mga Gawa, ay nagbibigay sa atin ng saligang balangkas kung paano pinakilala ng unang-siglong kinasihang mga may-akda ang Kristiyanismo sa iba't-ibang mga pangkat. Ang sinaunang "pagpapahaya" o "pangangaral" na ito (kung saan ang Mga Gawa ay isang buod) ay makikita sa Griyegong salita na *kerygma*. Ang sumusunod ay ang mga saligang katutuhanan ng ebanghelyo patungkol kay Hesus sa Mga Gawa:
   1. tinutupad ang maraming propesiya sa OT – Mga Gawa 2:17-21, 30-31, 34; 3:18-19, 24; 10:43; 13:17-23, 27; 33:33-37, 40-41; 26:6-7, 22-23

2. isinugo ni YHWH bilang pangako – Mga Gawa 2:23; 3:26
3. nagsagawa ng mga himala upang pagtibayin ang Kaniyang mensahe at ihayag ang pag-ibig ng Diyos – Mga Gawa 2:22; 3:16; 10:38
4. ibinigay, tinanggihan – Mga Gawa 3:13-14; 4:11
5. pinako sa krus – Mga Gawa 2:23; 3:14-15; 4:10; 10:39; 13:28; 26:23
6. nabuhay – Mga Gawa 2:24, 31-32; 3:15, 26; 4:10; 10:40; 13:30; 17:31; 26:23
7. pinangaralan sa kanang kamay ng Diyos – Mga Gawa 2:33-36; 3:13, 21
8. darating muli – Mga Gawa 3:20-21
9. itinalagang Hukom – Mga Gawa 10:42; 17:31
10. nagsugo ng Banal na Espiritu – Mga Gawa 2:17-18, 33, 38-39; 10:44-47
11. Tagapagligtas sa lahat na mananampalataya – Mga Gawa 3:38-39
12. wala nang iba pa ang Tagapagligtas – Mga Gawa 4:12; 10:34-36

Nandito ang ilang mga paraan upang tumugon sa mga pang-Apostolikong haligi ng katotohanan:

1. Magsisi ng kasalanan – Mga Gawa 2:38; 3:19; 17:30; 26:20
2. Manampalataya – Mga Gawa 2:21; 10:43; 13:38-39
3. Magpa-bautismo – Mga Gawa 2:38; 10:47-48
4. Tanggapin ang Espiritu – Mga Gawa 2:38; 10:47
5. Ang lahat ay maaaring lumapit – Mga Gawa 2:39; 3:25; 26:23

Ang panukalang ito ay nagsisilbing mahalagang pagpapahayag ng naunang iglesiya, bagaman magkakaiba ang mga may-akda ng Bagong Tipan ay maaaring mag-iwan ng bahagi o magbigay-diin sa ibang mga bahagi ng kanilang pangangaral. Ang kabuuan ng Ebanghelyo ni Marcos ay malapitang sinusunod ang aspeto ng *kerygma* ni Pedro. Si Marcos, sa tradisyon, ay tinitingnan bilang pagbabalangkas ng mga pangangaral ni Pedro, na ipinangaral sa Roma, na isang isinulat na Ebanghelyo. Kapwa ang Mateo at Lucas ay sumusunod sa panimulang balangkas ng Marcos.

▣ **"ang mga kaluwalhatiang hahalili sa mga ito"** Ito ay pagkabanggit sa Isaias 53:10-12.

**1:12 "na hindi sa ganang kanilang sarili, kundi sa ganang inyo"** Mayroong maraming lugar sa mga sulat ni Pablo kung saan kaniyang ipinapahayag ang parehong katotohanan na ito (cf. taga-Roma 4:23-24; 15:4; I taga-Corinto 9:9-10; 10:6,11). Ito ay katulad na teolohiyang inihayag sa II Timoteo 3:15-17. Ang mga pagkilos ng Diyos (kapahayagan) at kanilang pagtatala at pagpapaliwanag (inspirasyon) ay para sa lahat ng panghinaharap na mga mananampalataya (iluminasyon).

Kung si Pedro ay nagsusulat sa mga mananampalataya na mga karamihang Hentil, ang pariralang ito ay maidadagdag sa teolohikong pagpapatibay ng pagsasama sa mga Hentil, na palaging nasa plano ng Diyos (cf. Genesis 3:15; taga-Roma 9-11; taga-Efeso 2:11-3:13).

## NATATANGING PAKSA: MGA PANANAW NI PABLO SA KAUTUSAN NI MOISES (PAUL'S VIEW OF THE MOSAIC LAW)

Ito ay mabuti at mula sa Diyos (cf. taga-Roma 7:12,16).

A. Ito ay hindi paraan sa katuwiran at pagtanggap ngDiyos (ito ay maaaring maging isang sumpa, cf. taga-Galacia. 3). Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Kautusan ni Moises at ang Kristiyano.
B. Ito pa rin ay kaloobaan ng Diyos para sa mga mananampalataya dahil ito ay sariling kapahayagan ng Diyos (Si Pablo ay malimit na bumabanggit ng OT upang usugin at/o himukin ang mga mananampalataya).
C. Ang mga mananampalataya ay tinuruan ng OT (cf. taga-Roma 4:23-24; 15:4; I taga-Corinto 10:6,11), ngunit hindi nangaligtas sa OT (cf. Mga Gawa 15; taga-Roma 4; taga-Galacia 3; Hebreo). Ito ay gumaganap sa pagpapaging-banal ngunit hindi sa pagpapawalang-sala.
D. Ito ay umiiral sa bagong kasunduan para:
   1. ipakita ang pagiging makasalanan (cf. taga-Galacia 3:15-29)
   2. gabayan ng tinubos na sangkatauhan sa lipunan
   3. ipaalam ang mga wastong pagpapasiya na maka-Kristiyano

Nandito sa teolohikong pagtatalakay mula sa pagsumpa at pagkamatay patungong pagpapala at pananatili na nagdudulot na suliranin sa pagsubok na pag-unawa ng pananaw ni Pablo sa kautusan ni Moises. Sa *One Man in Christ*, si James Stewart ay ipinakita ang kabalintunaan ng pag-iisip at pagsulat sa Pablo:

> "Karaniwan mong aasahan ang isang taong magtatakda sa kanyang sarili na bumuo ng kaisipan at katuruan upang maayos nang may kahigpitan hanga't maaari ang mga kahulugang kanyang ginamit. Aasahan mo siyang maglayon nang may katumpakan sa pag-aaral ng parilala ng kanyang mga pangunahing kaisipan. Maaari mong angkinin na ang isang salita, na ginamit na minsan ng iyong manunulat sa isang natatanging kahulugan, ay kailangang madala ang kahulugan saanman. Ngunit kung titingnan mo ito galing kay Pablo, ito ay kabiguan. Karamihan sa pag-aaral ng parilala ay maluwang, hindi mahigpit. . . 'Ang kautusan ay banal' kanyang sinulat, 'Ako'y nalulugod sa kautusan ng Diyos ayon

sa pagkataong loob' (cf. taga-Roma 7:12,22) ngunit ito ay malinaw sa ibang aspeto ng *nomos* na magduduloy sa kanyang sabihin sa ibang banda, 'Si Kristo ang nagtubos mula sa sumpa ng kautusan (cf. taga-Galacia 3:13)" (p. 26).

▣ **"sa pamamagitan ng mga nagsipangaral sa inyo ng ebanghelyo"** Ito ay tila nagpapahiwatig na si Pedro ay hindi sinimulan ang mga iglesiyang ito. Sila ay maaaring sinimulan ng mga mananampalatayang Hudyo na nagbabalik mula sa Pentecost (cf. Mga Gawa 2), o sa pamamagitan ng pangangaral ni Pablo o iba pang mga ebanghelista.

▣ **"sa pamamagitan ng Banal na Espiritu na sinugo mula sa langit"** Ang Banal na Espiritu ay binanggit sa maraming susing bahagi ng I Pedro (cf. 1:2,11; 4:14). Ang pariralang ito ay isang Hebreong wikain para sa pagpapahayag na nag bagong panahon ng katuwiran, na mula sa Diyos, na dinala ng Espiritu, ay lubusang dumating (cf. Mga Gawa 2).

▣ **"ang mga bagay na ito ay ninanasang mamasdan ng mga anghel"** Ito sa literal ay "yumuko upang makita" gaya sa Juan 20:5,11. Sa Santiago 1:25 iyon ay isinaling "sinasadyang tingnan." Ito ay tumutukoy sa kapwa mabuti at masamang mga anghel (cf. taga-Efeso 3:10; I taga-Corinto 4:9).

Sa rabinikong Judaismo, ang mga anghel ay makikita bilang tagapamagit sa pagitan ni YHWH at Moises sa Bundok Sinai (cf. Mga Gawa 7:53; taga-Galacia 3:19; Mga Hebreo 2:2). Sila rin ay inilalarawan bilang naninibugho sa pag-ibig at pansin ng Diyos sa mga tao. Sa Mga Hebreo 1:14, ang mga anghel ay inilalarawan bilang mga lingkod "nilang magmamana ng kaligtasan." Si Pablo ay ipinapahayag din na ang mga mananampalataya ay hahatulan ang mga anghel (cf. I taga-Corinto 6:3).

Ang Diyos ay natatanging inihahayag ang Kaniyang sarili sa mga anghel sa pamamagitan ng Kaniyang pakikitungo sa nalugmok na sangkatauhan (cf. I taga-Corinto 4:9; taga-Efeso 2:7; 3:10).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:13-16

**13 Kayat inyong bigkisan ang mga baywang ng inyong pagiisip, na maging mapapgpigil kayo at inyong ilagak na lubos ang inyong pagasa sa biyayang dadalhin sa inyo sa pagkahayag ni Hesukristo; 14 Na gaya ng mga anak na matalimahin, na huwag kayong mangagasal na ayon sa inyong dating mga masasamang pita nang kayo ay na sa kawalang kaalaman: 15 Ngunit yamang banal ang sa inyo ay tumawag, ay mangagpakabanal naman kayo sa lahat ng paraan ng pamumuhay; 16 Sapagkat nasusulat, Kayo ay mangagpakabanal; sapagkat ako ay banal.**

**1:13 "Kaya"** Ito (*dio*, cf. II Pedro 1:10,12; 3:14) ay nagpapakita na mga panghihikaya na sumusunod ay ang bunga ng nakaraang pagtalakay.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"inyong bigkisan ang mga baywang ng inyong pag-iisip"** |
| **NKJV** | **"ihanda ang bigkat ng iyong pag-iisip"** |
| **NRSV** | **"ihanda ang iyong kaisipan para sa pagkilos"** |
| **TEV** | **"ilaan ang iyong isipan para sa pagkilos"** |
| **NJB** | **"ang iyong isipan. . .ihanda para sa pagkilos"** |

Ito ay isang AORIST PANGGITNANG PANDIWARI na ginamit bilang isang PAUTOS. Ang anyo nito na ipinapakilala ang isang tiyak na pagkilos sa personal na pagpili ay hinihingi. Ito ay isang Hebreong wikain, sa literal "bigikisan ang mga baywang ng iyong pag-iisip." Sa Ancient Near East kapwa kalalakihan at kababaihan ay nagsusuot ng palabal. Sa pag-abot sa sa pamamagitan ng biya at paghila mula sa likod ng balabal paharap at pagsukbit sa sinturon, ang balabal ay naging pantaon, na pinahihintulutan ang mahirap na pagkilos. Ang mga katulad na pagpapaalala ng paghahanda para sa pagkaisipang gawain ay matatagpuan sa taga-Roma 12:2; taga-Efeso 4:17,23.

▣ **"maging mapapgpigil"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG GANAP NA PANDIWARI sa isang kalipunan ng MGA PAUTOS at MGA PANDIWARI na ginamit na MAY PAUTOS na diin. Ito ay hindi isang pagtawag ng pagtitimpi, ngunit isang talinghaga para sa pagiging alitso ng pag-iisip at pantay na kaisipan (cf. 4:7; 5:8; I taga-Thesalonica 5:6,8; II Timoteo 4:5).

▣ **"ilagak na lubos ang inyong pagasa"** Ito ay isang AORIST GANAP NA PAUTOS na nangangahulugang gumawa ng isang tiyak na pagpili upang magtiwala nang lubusan sa pagbabalik ni Kristo. Ang "pag-asa" sa NT ay kadalasang tumutukoy sa ang Ikalawang Pagparito (cf. Tito 2:13). Ang ating pag-asa ay batay sa palagian at tiyak na katangian at mga pagkilos ng Trinidad na Diyos (cf. vv. 2,3-5).

▣ **"sa biyayang dadalhin sa inyo sa pagkahayag ni Hesukristo"** Ito ay ang katulad na biyaya kung saan ang mga propeta sa OT ay gumawa nang maingat na paghahanap (cf. v. 10). Maliwanag na ipinapakita nito na ang pag-asa ng

mga mananampalataya ay sa katangian at mga pagkilos ng Trinidad na Diyos (cf. 1:2,3-5) at ang Kaniyang biyaya ay lubusang mahahayag sa pagdating ni Hesus (cf. I Juan 3:2). Ang kaligtasan ay inilalarawan sa lahat ng mga Griyegong PANDIWA PANAHUNAN. Tingnan ang Natatanging Paksa sa I Pedro 1:5.

**1:14 "mga anak na matalimahin"** Ito ay isang Hebreong wikain ng ating pangpamilyang pakikipag-ugnayan sa Diyos Ama at kay Hesus ang Anak (ang mga negatibong kapahayagan ay matatagpuan sa taga-Efeso 2:2; 5:6). Ang mga mananampalataya ay mga kasamang tagapagmana sa pamamagitan Niya (cf. taga-Roma 8:15-17). Nakakagulat na ang mga makasalanan ay bahagi ng pamilya ng Diyos sa pamamagitan ng Kaniyang paanyaya at pag-aalay ni Hesus.

▣

**NASB, NRSV "huwag kayong mangagasal"**
**NKJV "huwag kayong umayon"**
**TEV "huwag niyong hayaang mahubog ang inyong buhay"**
**NJB "huwag niyong hayaang mahubog ang inyong sarili"**

Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNA o BALINTIYAK NA PANDIWARI na ginamit bilang isang PAUTOS. Gaya ng lubhang kadalasan sa mga mananampalataya ng NT ay inilalarawan bilang pinagganapan ng Diyos o ang Espiritu (BALINTIYAK NA TINIG), ngunit dito ay ang gramatikong posibilidad na ang mga mananampalataya ay maliwanag na tinatawag na ipamuhay ang kanilang bagong pakikipag-ugnayan sa Diyos sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kaniyang Espiritu (PANGGITNANG TINIG).

Habang ang kaligtasan ay isang may pasubaling kasunduan, na pinasimulan ng Diyos ngunit may isang inutos na pagtugon, kaya gayundin, ang Kristiyanong buhay. Ang walang-hanggang buhay ay may kapansin-pansaing katangian (cf. v. 15). Karamihan ng mga termino ni Pedro ay mula sa mga sulat ni Pablo, dito sa taga-Roma 12:2.

▣ **"na ayon sa inyong dating mga masasamang pita nang kayo'y na sa kawalang kaalaman"** Ito ay tumutukoy sa imoral at walang diyos na paganong nakalipas ng mga Hentil na mananampalataya (cf. 4:2-3; taga-Efeso 4:17-19).

**1:15**

**NASB "Ngunit yamang banal ang sa inyo ay tumawag"**
**NKJV "ngunit Siya na tinatawag sa inyo *ay* banal"**
**NRSV "sa halip, gaya ng pagtawag niya sa'yo ay banal"**
**TEV "sa halip na. . .gaya ng Diyos na tinatawag ka ay banal"**
**NJB "batay sa modelo ng Isang Banal na tumatawag sa atin"**

Ito ay isang pagbibigay-diin sa katangian at soberano pagpili ng Diyos (cf. 2:9; 5:10). Walang sinuman ang lalapit sa Diyos maliban na ilapit sila ng Espiritu (cf. Juan 6:44,65). Ito ay isa pang teolohikong paraan ng pagtatakwil sa maka-Diyos na pagtanggap sa pamamagitan ng pangtaong pagganap (cf. taga-Efeso 2:8-9). Ang titulo ng aking pangangaral sa tekstong ito ay "Ang mga banal ng Isang Banal."

▣ **"be banal na yourselves gayundin ang"** Ito ay isang AORIST BALINTIYAK NA (deponent) PAUTOS. Ang mga mananampalataya ay tinatawag sa kabanalan. Ang kalooban ng Diyos ay palagiang ang Kaniyang mga anak ay magpapakilala ng Kaniyang katangian (cf. Tito 2:14). Ang layunin ng Ang Kristiyanismo ay hindi lamang langit kapag tayo ay namatay, ngunit pagwawangis kay Kristo ngayon (cf. taga-Roma 8:29-30; II taga-Corinto 3:18; 7:1; taga-Galacia 4:19; taga-Efeso 1:4; 2:10; 4:13; I taga-Thesalonica 3:13; 4:3,7; 5:23). Ang gawain ni Hesus ay hindi lamang pagpapatawad ng kasalanan, ngunit ang pagpapanumbalik ng larawan ng Diyos sa nalugmok na sangkatauhan. Palagian tayong naghihinala sa isang katiyakan ng kaligtasan na na kulang ng pagwawangis ni Kristo! Ang ebanghelyo ay (1) isang personang tatanggapin; (2) isang katotohanan tungkol sa personang paniniwalaan; at (3) isang buhay na tutularan ang persona upang mabuhay (cf. taga-Efeso 4:1; 5:1-2,15; I Juan 1:7; 2:4-6). Tandaang nakakagulat ang mga salita ni Hesus sa Mateo 5:20 at 48! Palaging mag-ingat sa "ano-ngayon-sa-akin-ito" na Kristiyanismo. Tayo ay iniligtas upang maglingkod. Tayo ay tinatawag sa kabanalan sa di-tiyak na mga termino. Mahabag nawa ang Diyos sa kanluraning iglesiya na nasilo ng (1) kariwasaan; (2) materyalismo; at (3) kalusugan/kayamanang pangangaral!

## NATATANGING PAKSA: KABANALAN/PAGPAPAGING BANAL SA NT (NT HOLINESS/SANCTIFICATION)

Ang NT ay nagsasaysay na kung ang mga makasalanan ay lumapit kay Hesus sa pagsisisi at pananampalataya, sila'y kagyat na aariing-ganap at pinagpaging banal. Ito ang kanilang bagong kalalagyan kay Kristo. Ang kanyang katuwiran ay ibinibilang sa kanila (cf. Roma 4). Sila ay idiniklarang matuwid at banal (isang legal na pagkilos ng Diyos).

Ngunit ang NT ay hinihimok din ang mga mananampalataya sa kabanalanan o pagpapaging banal. Ito ay parehong teolohikong kalalagayan sa natapos na gawa ni Hesukristo at isang pagtawag upang maging wangis kay Kristo sa saloobin at pagkilos sa pangaraw-araw na buhay. Dahil sa ang kaligtasan ay walang-bayad na kaloob at

magugol sa lahat na pamumuhay, ganun din, ang pagpapaging banal.

| **Paunang Pagtugon** | **Isang Umuunlad na Pagiging-wangis ni Kristo** |
|---|---|
| Gawa 20:23; 26:18 | taga-Roma 6:19 |
| taga-Roma 15:16 | II taga-Corinto 7:1 |
| I taga-Corinto 1:2-3; 6:11 | taga-Efeso 1:4; 2:10 |
| II taga-Thesalonica 2:13 | I taga-Thesalonica 3:13; 4:3-4,7; 5:23 |
| Hebreo 2:11; 10:10,14; 13:12 | I Timoteo 2:15 |
| II Pedro 1:2 | II Timoteo 2:21 |
| | I Pedro 1:15-16 |
| | Hebreo 12:14 |

▣ **"sa lahat ng paraan ng pamumuhay"** Pansining ang pagbibigay-diin sa "lahat." Ang hamon ay hindi piniling katuwiran, ngunit malaganap na kabanalan (cf. I Juan 3:3).

**1:16 "Sapagkat nasusulat, Kayo ay mangagpakabanal; sapagkat ako ay banal"** Ang "nasusulat" ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG, na isang wikain para sa Banal na Kasulatan na lubhang kadalasang ginagamit ni Hesus, ngunit dito lamang sa Pedro. Ito ay isang sipi mula sa Levitico 11:44-45; 19:2; 20:7,26. Ito ay hindi isang bagong kinakailangan, ngunit isang inuulit na pangangailangan (cf. Mateo 5:48). Ang kabanalan sa OT kaunawaan ay hindi kawalang kasalanan, ngunit isang pagkakatulad sa mga kinakailangan ng kasunduan ng Diyos (i.e., Exodo 19:6; 22:31; Deuteronomyo 14:2,21; 26:19). Ang NT gayundin ang ay may mga pangkasunduang kinakailangan na isyu sa pagiging-wangis kay Kristo (cf. taga-Roma 8:28-29; II taga-Corinto 3:18; 7:1; taga-Galacia 4:19; taga-Efeso 1:4; 4:13; I taga-Thesalonica 3:13; 4:3,7; 5:23). Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

## NATATANGING PAKSA: BANAL (HOLY)

I. Ang Lumang Tipan (karamihan ng paglalarawan mula sa Isaias)
   A. Ang etimolohiya ng salitang *kadosh* (BDB 872) ay di-tiyak, maaaring sa Cananeo. Ito ay maaaring bahagi ng salitang-ugat na (i.e., *kd*) nangangahulugang "hatiin." Ito ang pinagmulan ng kilalang kahulugan na "hiniwalay (mula sa kulturang Cananeo, cf. Deuteronomio 7:6; 14:2,21; 26:19) para sa paggamit ng Diyos."
   B. Ito ay nag-uugnay presensiya ng Diyos sa mga bagay, mga lugar, mga panahon, at mga tao. Ito ay hindi ginamit sa Genesis, ngunit naging pangkaraniwang sa Exodo, Levitico, at Bilang.
   C. Sa propesiyang panitikan (lalo na sa Isaias at Osea) ang personal na sangkap ay nauna nang ipinakilala, ngunit ang hindi binigyang-diin ay nagmumula sa unahan. Ito ay naging isang paraan ng pagtatalaga ng diwa ng Diyos (cf. Isaias 6:3). Ang Diyos ay banal. Ang Kanyang pangalan na kumakatawan sa Kanyang katangian ay Banal. Ang Kanyang mga tao na naghahayag ng Kanyang katangian sa isang nangangailangang mundo ay banal (kung kanilang sinunod ang kasunduan sa pananampalataya).
      1. PANG-URI, BDB 872 קָדוֹשׁ, "banal," "sagrado" ginamit sa
         a. Diyos, Isaias 5:16; 6:3 (tatlong beses); tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Isang Banal
         b. Kanyang pangalan, Isaias 40:25; 49:7; 57:15
         c. Kanyang tahanan, Isaias 57:15
         d. Kanyang Sabbath, Isaias 58:13
      2. PANDIWA, BDB 872 קָדַשׁ, "maihiwalay," "nakalaan"
         a. Katangian ng Diyos, Isaias 5:16; 29:23
         b. Diyos, Isaias 8:13; 65:5
         c. mga anghel ng Diyos, Isaias 13:3
         d. pangalan ng Diyos, Isaias 29:23
         e. pista, Isaias 30:29
         f. mga nakalaang tao, Isaias 66:17
      3. PANGNGALAN, BDB 871 קֹדֶשׁ, "pagiging hiwalay," "kasagraduha"
         a. banal na binhi, Isaias 6:13
         b. banal na bundok, Isaias 11:9; 27:13; 56:7; 57:13; 65: 11, 25; 66:20
         c. maihiwalay, Isaias 23:18
         d. daan ng kabanalan, Isaias 35:8
         e. santuwaryo, Isaias 43:28; 62:9; 64:11
         f. banal na lungsod, Isaias 48:2; 52:1
         g. Isang banal, Isaias 49:7 (tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Isang Banal)
         h. banal na bisig, Isaias 52:10
         i. Banal na araw, Isaias 58:13
         j. banal na bayan, Isaias 62:12

k. Banal na Espiritu, Isaias 63:10, 11
l. trono ng Diyos, Isaias 63:15
m. banal na dako, Isaias 63:18
n. banal na mga lungsod, Isaias 64:10

D. Ang kahabagan at pag-ibig ng Diyos ay hindi mahihiwalay mula sa teolohikong mga konsepto ng mga kasunduan, katarungan, at mahalagang katangian. Narito ang pag-igting sa Diyos patungo sa isang di-banal, makasalanan, mapanghimagsik na sangkatauhan. Mayroong isang nakakaaliw na artikulo sa pakikipag-ugnayan sa pagitan ng Diyos bilang "mahabagin" at Diyos bilang "banal" sa Robert B. Girdlestone, *Synonyms of the Old Testament*, pp. 112-113.

II. Ang Bagong Tipan
A. Ang mga manunulat ng NT (maliban kay Lucas) ay mga palaisip na Hebreo, ngunit naimpluwensyahan ng Koine Griyego (i.e., ang Septuagint). Ito ay ang Griyegong salin ng OT, hindi Klasikong Griyegong panitikan, kaisipan, o relihiyon ang namamahala sa kanilang talasalitaan (bokabularyo).
B. Si Hesus ay banal dahil Siya ay Diyos at tulad ng Diyos (cf. Lucas 1:35; 4:34; Mga Gawa 3:14; 4:27,30). Siya ay Banal at Isang Matuwid (cf. Mga Gawa 3:14; 22:14). Si Hesus ay banal dahil Siya ay walang kasalanan (cf. Juan 8:46; II taga-Corinto 5:21; Hebreo 4:15; 7:26; I Pedro 1:19; 2:22; I Juan 3:5).
C. Dahil ang Diyos ay banal, ang Kanyang mga anak ay dapat maging banal (cf. Levitico 11:44-45; 19:2; 20:7,26; Mateo 5:48; I Pedro 1:16). Sapagkat si Hesus ay banal, ang Kanyang mga taga-sunod ay dapat maging banal (cf. taga-Roma 8:28-29; II taga-Corinto 3:18; taga-Galacia 4:19; taga-Efeso 1:4; I taga-Thesalonica 3:13; 4:3; I Pedro 1:15). Ang mga Kristiyano ay naligtas upang maglingkod sa pagiging katulad (wangis) ni Kristo (kabanalan).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:17-21

**[17]At kung inyong tinatawagan, na Ama, siyang walang itinatanging tao, na humahatol ayon sa gawa ng bawat isa, ay gugulin ninyo sa takot ang panahon ng inyong pangingibang bayan: [18]Na inyong nalalamang kayo ay tinubos hindi ng mga bagay na nangasisira, ng pilak o ginto, mula sa inyong walang kabuluhang paraan ng pamumuhay, na ipinamana sa inyo ng inyong mga magulang; [19]Kundi ng mahalagang dugo, gaya ng sa korderong walang kapintasan at walang dungis, sa makatuwid baga'y ang dugo ni Kristo: [20]Na nakilala nga nang una bago itinatag ang sanglibutan, ngunit inihayag sa mga huling panahon dahil sa inyo, [21]Na sa pamamagitan niya ay nanganampalataya kayo sa Diyos, na sa kaniya ay bumuhay na maguli sa mga patay, at sa kaniya ay nagbigay ng kaluwalhatian; upang ang inyong pananampalataya at pagasa ay mapasa Diyos.**

**1:17 "kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na ipinagpapalagay na tunay na mula sa pananaw ng may-akda o para sa kaniyang pampanitikang mga layunin.

▣ **"inyong tinatawagan, na Ama"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG MAY PAHIWATIG (cf. Osea 11:1-3; Jeremias 3:19), na nagpapahiwatig na ang mga mananampalataya ay magpapatuloy na tumawag kay YHWH sa mga pampamilyang termino (cf. taga-Roma 8:15; taga-Galacia 4:6) gaya ng tinuro ni Hesus sa kanila (cf. Mateo 6:9). Tingnan ang Natatanging Paksa: Ama sa Marcos 13:32.

▣ **"siyang walang itinatanging tao, na humahatol"** Ang Diyos ay tatawag sa pagbibigay-sulit hindi lamang sa kanilang hindi Siya nakikilala, ngunit gayundin, sa kanilang nag-aangkin na kilala Siya. (cf. 4:5,17-18; taga-Roma 14:12; II taga-Corinto 5:10). Sa kanilang maraming ipinagkaloob, marami ang hinihing (cf. Lucas 12:48)!

Kung tinatawag natin Siyang Ama, kung gayon, ipapakilala natin ang pamilya pangkatangian, na gaya ng pinakamatandang Anak! Ang ating Ama, ang Isang Banal, ay isang walang kinikilingang hukom (cf. Deuteronomyo 10:17; II Chr. 19:7; Mga Gawa 10:34; taga-Roma 2:11; taga-Galacia 2:6; taga-Efeso 6:9; taga-Colosas 3:25; I Pedro 1:17).

Ang mga taong nilalang ay may isang pagpili (cf. Deuteronomyo 30:15-20; Joshue 24:15; Ezekiel 18:30-32) kung paano sila makikitungo sa Diyos. Siya ay magiging isang mapagmahal na Ama kung sila ay magtitiwala kay Kristo (cf. Juan 1:12; taga-Roma 10:9-13) o Siya ay magiging isang banal na hukom kung sila ay aasa sa kanilang sariling mga kagalingan o pagganap ng pang-relihiyong mga ritwal, mga kautusan, at mga pamamaraan (cf. Mateo 25:31-46; taga-Colosas 2:20-23). Nais mo ba ng kahabagan o katarungan?

Ang terminong "walang itinatangi" ay nagpapakilala isang OT wikain, "iangat ang mukha." Ang mga hukom ay hindi dapat maapektuha kung sino ang akusado, bagkos sa kanilang mga pagkilos.

▣ **"ayon sa gawa ng bawa't isa"** Ito ay isang moral nasansinukob. Ang Diyos ang Hukom. Ang mga tayo ay magbibigay-sulit sa Diyos para sa kaloob na buhay (cf. Mateo 25:31-46; II taga-Corinto 5:10; Pahayag 20:11-15). Tayong lahat ay mga katiwala at aanihin natin ang ating itinanim (cf. Job 34:11;Mga Awit 28:4; 62:12; Kawikaan 12:14; 24:12; Isaias 3:10-11; Jeremias 17:10; Osea 4:9; Mateo 16:27; 25:31-46; taga-Roma 2:6; I taga-Corinto 3:8; taga-Galacia 6:7; taga-Colosas 3:25; Pahayag 2:23; 20:12-13; 22:12).

▣ **"gugulin ninyo sa takot"** Mayroong isang nararapat na paggalang na nararapat sa isang banal na Diyos (cf. II taga-Corinto 5:21). Ang paggalang na ito ay ang Kaniyang mga anak ay nabuhay ng maka-Diyos na pamumuhay, na nalalaman na sila ay magbibigay-sulit sa Diyos para sa kaloob na buhay at ang ebanghelyo.

▣ **"ang panahon ng inyong pangingibang bayan"** Ito ay tumutukoy sa mga mananampalataya na naglalakbay sa isang banyagang lupain (cf. v. 1; 2:11; Mga Hebreo 11:9-10). Ang mundong ito ay hindi natin tahanan!

**1:18 "nalalaman"** Ang ating kaalaman sa gawain ni Kristo para sa ating kapakanan ay nagdudulot sa atin na mamuhay ng isang buhay ng pagsunod tulad kay Kristo.

Mayroong haka-haka sa gitna ng mga tagapagpaliwanag sa paggamit ni Pedro ng sinaunang iglesiya ng mga kredo, mga imno, o liturhiya sa pagsamba. Ang I Pedro 1:18-21 at 2:21-25 ay nagpapakita ng mga tanda ng patulang huwaran. Si Pablo din ay gumamit ng mga ganitong kredo, imno, liturhiko kasangkapan o maaaring kahit na katesismong panitikan na ginawang may titik upang tumulong sa pag-alala (cf. taga-Efeso 5:19; taga-Filipos 2:6-11; taga-Colosas 1:15-16; 3:15-20; I Timoteo 3:16; II Timoteo 2:11- 13).

▣ **"tinubos"** Ang terminong "tinubos" ay nagpapakilala isang OT terminong "bilhin ang sinuman pabalik" mula sa kahirapan o pagkaalipin. Mayroong dalawang Hebreong termino (panubos, tinubos). Ang isa ay idinagdag ang kahulugang "bilhin pabalik ng isang malapit na kamag-anak" (*goēel*, ang tagatubos ang kamag-anak, cf. Ruth 4:1,3,6,8,14). Si Hesus ang ating malapit-na-kaanak na binili ang ating kapatawaran ng Kaniyang sariling buhay (cf. Isaias 53; Marcos 10:45; II taga-Corinto 5:21). Tingnan ang Natatanging Paksa: Panubos/Tinubos sa Marcos 10:45.

▣

**NASB, NJB** **"mula sa inyong walang kabuluhang paraan ng pamumuhay"**
**NKJV** **"mula sa inyong walang layon na pag-uugali"**
**NRSV** **"mula sa mga walang-saysay na pamamaraan"**
**TEV** **"mula sa walang-halagang paraan ng buhay"**

Mayroong dalawang paraan ng pagpapaliwanag ng pariralang ito.

1. Iyon ay tumutukoy sa mga tradisyon ng OT (cf. Isaias 29:13; Mateo 15:1-20; Marcos 7:1-23) at nagpapakilala ng Hebreong termino na "walang saysay," "walang laman" o "ambon" (cf. Jeremias 2:5; Zacarias 10:2). Ang susunoa na parirala ay binabanggit ang sistemang pag-aalay sa OT. Kung gayon, ngayon, si Pedro ay nagsasalita sa mga mananampalatayang Hudyo.
2. Iyon ay tumutukoy sa v. 14 at sa imoral, pagano, nakalipas na karanasan ng mga Hentil na mananampalataya.

Para sa isang pangkalahatang kaunawaan ng terminong ito, tingnan sa Mga Gawa 14:15; I taga-Corinto 15:17; Tito 3:9 at Santiago 1:26.

**1:19 "ng mahalagang dugo, gaya ng sa kordero"** Ang pariralang ito ay isang pagkabanggit sa sistema ng pag-aalay ng Israel (cf. Levitico 1-7). Ang Diyos ay mapagbiyayang pinahintulutan ang makasalanang sangkatauhan na lumpait sa Kaniya sa pamamagitan ng pag-aalay. Inaalis ng kasalanan ang buhay. Ang buhay ay nasa dugo (cf. Levitico 18:11,14). Pinahintulutan ng Diyos ang paghahalili ng buhay ng isang hayop. Tinatawag ni Juan Bautista si Hesus na "ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng mundo" (cf. Juan 1:29). Ang hinulaang kamatayan ni Hesus (cf. Isaias 53:7-8) ay tumutukoy sa kasalanan ng buong mundo (cf. Juan 3:16,17; 4:42; I Juan 2:2; 4:14).

▣ **"walang kapintasan at walang dungis"** Ang mga ito ay mga talinghaga ng pag-aalay sa OT para sa katanggap-tanggap na mga hayop para sa pag-aalay (cf. Levitico 22:19-20), ngunit dito sila ay tumutukoy sa kawalang-kasalanan ni Hesus (cf. Juan 8:46; 14:30; Lucas 23:41; II taga-Corinto 5:21; Mga Hebreo 4:15; 7:26-27: I Pedro 2:22, 3:18, I Juan 3:5). Siya ay isang katanggap-tanggap, banal na alay.

**1:20 "nakilala nga nang una"** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA PANDIWARI. Ang pangkatubusang gawain ng Diyos ay inilalarawan mismo ng terminong ito sa 1:2. Ang kamatayan ni Kristo ay hindi isang nahuling-isip (cf. Genesis 3:15; Mga Awit 22; Isaias 53; Marcos 10:45; Mga Gawa 2:23; 3:18; 4:28; 13:29). Si Hesus ay dumating upang mamatay!

▣ **"bago itinatag ang sanglibutan"** Ang pariralang ito ay ginamit maraming beses sa ang NT. Iyon ay nagpapahayag ng gawain ng Diyos bago pa ang paglalang para sa katubusan ng sangkatauhan (cf. Mateo 25:34; Juan 17:24; taga-Efeso 1:4; I Pedro 1:19-20; Pahayag 13:8). Ito din ay nagpapahiwatig ang pag-iral ni Hesus bago pa ang paglalang (cf. Juan 1:1-2, 8:57-58; II taga-Corinto 8:9; taga-Filipos 2:6-7; taga-Colosas 1:17; Pahayag 13:8).

▣ **"ngunit inihayag"** Ito ay isang AORIST BALINTIYAK NA PANDIWARI na nangangahulugang "ang Diyos ang nagdulot sa Kaniya na maliwanag na maihayag" (cf. Mga Hebreo 9:26; I Juan 1:2; 3:5,8).

▣ **"sa mga huling panahon"** Ito ay tumutukoy sa pagkakatawang-tao ni Hesus sa Bethlehem. Siya ay umiral

bilang Diyos mula sa lahat ng kawalang-hanggan, ngunit maliwanag na naihayag sa pantaong anyo sa Bethlehem ayon sa propesiya (cf. Mikas 5:2).

Ang huling mga araw ay nagsimula sa kapanganakan ni Hesus habang Kaniyang pinasisinayanan ang Kaharian. Sila ay malulubos sa Ikalawang Pagparito. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Panahong Ito at ang Darating na Panahon sa I Pedro 1:5.

▣ **"Na sa pamamagitan niya ay nanganampalataya kayo sa Diyos"** Ito sa literal ay "ang isa na. . .nananampalataya." Ang PANG-URI *pistos* ay ginamit bilang isang PANGHALILI ("ang isang nananampalataya").

Ang etimolohikong kaligiran ng terminong nanampalataya (Hebreong *emeth*, Griyegong, *pistis*) ay tumutulong pagtibayin ang napapanahong kahulugan. Sa Hebreo, iyon sa orihinal ay tumutukoy sa isang tao sa isang palagiang tindig. Iyon ay dumating na ginamit na patalinghaga para sa isang tao na maaasahan, matapat, o mapagkakatiwalaan. Ang Griyegong katumbas ay isinalin sa Ingles ng mga termino "pananampalataya," "maniwala," at "magtiwala." Ang biblikal na pananampalataya o pagtitiwala ay hindi pangunahin sa anumang bagay na ginagawa natin, ngunit isang tao na pinaglalagakan ng ating pagtitiwala. Iyon ay katapatan ng Diyos, hindi natin, na ang pagtuon. Ang nalugmok na sangkatauhan ay nagtitiwala sa katapatan ng Diyos, nananampalataya Kaniyang pagkamatapat, naniniwala sa Kaniyang Minamahal. Ang pagtuon ay hindi sa kasaganahan o kasidhian ng pantaong pananampalataya, ngunit sa layon ng pananampalataya.

**1:21 "sa kaniya'y bumuhay na maguli sa mga patay"** Ito ay nagpapakita ng pagsang-ayon ng Diyos sa buhay at kamatayan ni Hesus. Ito ay isang inuulit na paksa ni Pedro (cf. Mga Gawa 2:24-28,32, 3:15,26; 4:10; 5:30; 10:40; I Pedro 1:13, 3:18,21, at Pablo, Mga Gawa 13:30,,33,34,37; 17:31; taga-Roma 4:24, 8:11; 10:9; II taga-Corinto 4:14). Ito ay pagpapatunay ng pagtanggap ng Ama sa panghaliling kamatayan ng Anak (cf. I taga-Corinto 15). Sa teolohiya, lahat ng tatlong persona ng Trinidad ay aktibo sa muling pagkabuhay ni Kristo.

1. ang Ama (Mga Gawa 2:24; 3:15; 4:10; 5:30; 10:40; 13:30,33,34; 17:31)
2. ang Espiritu (taga-Roma 8:11)
3. ang Anak (Juan 2:19-22; 10:17-18)

▣ **"sa kaniya ay nagbigay ng kaluwalhatian"** Sa kontekstong ito, ang pagtanggap at pagsang-ayon ng Ama sa mga salita at mga gawa ng Anak ay inihayag sa dalawang dakilang mga pangyayari.

1. muling pagkabuhay ni Hesus mula sa mga patay
2. pag-akyat sa langit ni Hesus sa kanang kamay ng Ama

Tingnan ang Natatanging Paksa: Kaluwalhatian sa Marcos 10:37b.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:22-25

**22Yamang nilinis ninyo ang mga kaluluwa sa inyong pagtalima sa katotohanan, sa pagibig na hindi pakunwari sa mga kapatid, ay mangagibigan kayo ng buong ningas ng inyong puso sa isa't-isa: 23Yamang ipinanganak kayong muli, hindi sa binhing nasisira, kundi sa walang kasiraan, sa pamamagitan ng salita ng Diyos na nabubuhay at namamalagi. 24Sapagkat, Ang lahat ng laman ay gaya ng damo, At ang lahat ng kaniyang karangalan ay gaya ng bulaklak ng damo. Ang damo'y natutuyo, at ang bulaklak ay nalalanta: 25Datapuwat ang salita ng Panginoon ay namamalagi magpakailan man. At ito ang salita ng mabubuting balita na ipinangaral sa inyo.**

**1:22 "sa pagtalima"** Ang pagsunod ay isang inuulit na paksa sa kabanata isa (cf. 1:2,14,22). Iyon ay tumutukoy sa pagtanggap ng ebanghelyo (i.e., katotohanan, cf. Juan 17:17; II taga-Thesalonica 2:12) at paglagad dito. Tandaang ang ebanghelyo ay (1) isang persona; (2) katotohanan tungkol sa persona; at (3) isang buhay tulad ng persona. Inihayag ni Hesus ang kahalagahan ng pagsunod na lubhang maliwanag sa Lucas 6:46. Ang pagsunod ay katibayan na tunay nating natagpuan Siya at binago Niya. Ang walang-hanggang buhay may kapansin-pansing mga katangian.

▣ **"sa ang katotohanan"** Sa literal, "sa pamamagitan ng pagsunod ng katotohanan," na isang OBJECTIVE GENITIVE. Ang katotohanan ay katangian ng kapwa Diyos at Kaniyang mga anak. Tingnan ang Natatanging Paksa: Katotohanan sa II Pedro 1:12.

▣ **"nilinis ninyo ang mga kaluluwa"** Ito ay isang GANAP NA TAHAS NA PANDIWARI. Ang pagsunod sa katotohanan ay nagsasaad ng isang personal na paglilinis (cf. Santiago 4:8; I Juan 3:3). Ang espiritwal na paglilinis na ito ay hindi makakamit ang pag-ibig at pagtanggap ng Diyos, ngunit sa halip ay nagpapakilala nito. Ang paglilinis na prosesong ito ay nagsisimula sa kaligtasan at magpapatuloy sa kabuuan ng buhay (GANAP NA GANAP NA PANDIWARI). Iyon ay nagbubunga sa isang matapat ng pag-ibig ng mga kapatid (cf. I Juan 4:7-21). Ang Kristiyanismo ay kapwa (1) isang pansariling pananampalatayang pagtugon sa alok na kaligtasan ng Diyos sa pamamagitan ni Kristo at (2) isang pangkalahatang karanasan ng paglilingkod sa katawan ni Kristo (cf. I taga-Corinto 12:7). Ang mga mananampalataya ay ipinapahayag ang kanilang pag-ibig para sa Diyos sa pamamagitan ng pag-ibig sa Kaniyang iba pang mga anak (cf. taga-Roma 14:1-15:13). Tingnan ang mas buong tala sa "mga kaluluwa" sa 1:9.

▣ **"mga kapatid, ay mangagibigan kayo. . . buong ningas ng inyong puso sa isa't-isa"** Ang unang paggamit ng "pag-ibig" sa pariralang ito ay sa isang tambalang Griyegong salitang *philadelphi* (pangkapatid na pag-ibig). Ang ikalawang ay isang AORIST GANAP NA PAUTOS ng PANDIWA *agapaō*. Ang mga terminong ito (*phileō* at *agapaō*) ay ginamit nang halinhinan sa NT (cf. Juan 5:20 laban sa 3:25 at 16:27 laban sa 17:23). Sa ilang mga talata tulad ng Juan 21:15-17, sila ay maaaring nagpapabatid ng mga naiibang aspeto ng pag-ibig. Ang sinaunang iglesiya ay kinuha ang isang hindi gaanong nagagamit na PANGNGALAN (*agapē*) at nagsimulang gamitin iyon upang ipahayag ang natatanging pag-ibig na ibinibigay ang sarili ng Diyos kay Kristo.

**1:23 "Yamang ipinanganak kayong muli"** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA PANDIWARI. Pinayayabong nito ang teolohikong kaisipan mula sa 1:3. Iyon ay isang pangpamilyang talinghaga na ginamit upang ilarawan ang mga Kristiyano bilang bagong mga miyembro ng pamilya ng Diyos sa pamamagitan ng kanilang pananampalataya kay Kristo (cf. Juan 1:12-13). Iyon ay katulad sa kahulugan sa "ipinanganak mula sa kaitaasan" sa Juan 3:3.

Pansining ang kamangha-manghang katotohanan na ipinababatid ng PANDIWA.

1. GANAP NA PANAHUNAN = ating kaligtasan ay nagsimula sa nakalipas at nagpapatuloy sa isang kasalukuyang kalagayan ng pag-iral
2. BALINTIYAK NA TINIG = hindi natin iniligtas ang ating sarili, iyon ay isang panlabas na pagkilos ng Trinidad na Diyos
3. Ang parehong PANDIWA na anyo (magkaibiang Griyegong salita) ay matatagpuan sa taga-Efeso 2:5,8, na gayundin ay isang kahanga-hangang talata sa katiyakan at garantiya ng mananampalataya.

▣ **"hindi sa binhing nasisira"** Ang binhi ay isang biblikal na talinghaga para sa (1) pagpapadami (i.e., ginamit ng mga rabbi para sa similya) o (2) pisikal na angkan (i.e., Genesis 12:1-3 para sa mga angkan ni Abraham). Iyon na nagdadala ng buhay.

▣ **"sa pamamagitan ng salita ng Diyos na nabubuhay at namamalagi"** Ang pangangaral ng ebanghelyo ay pinapakilala bilang kaparaanan kung saan ang Ama ay dinadala ang mga mananampalataya (cf. Santiago 1:18). Ang pang-Apostol na pangangaral ng katotohanan ng ebanghelyo ay inilalarawan bilang kapwa buhay at nananatili (cf. Mga Hebreo 4:12), na kapwa mga aspeto ni YHWH!

**1:24** Ang mga talatang 24-25a ay isang sipi mula sa ang LXX ng Isaias 40:6-8 (cf. Job 14:1-2; Mga Awit 90:5-6, 103:15-17) na nagbibigay-diin din sa kahinaan at katakdaan ng buhay ng tao (cf. Santiago 1:10-11) laban sa pagkawalang-hanggang ng salita ng Diyos (cf. Santiago 1:21). Sa kanilang orihinal na konteksto, ang mga mga talatang ito ay tumutukoy sa Israel, ngunit ngayon, sila ay tumutukoy sa iglesiya (cf. 2:5,9). Ang paglipat na ito ay pangkatangian ng I Pedro.

**1:25 "ang salitang ng Panginoon"** Mayroong dalawang Griyegong mga salita na kadalasang isinasaling "salita" o "mensahe." Sa Koine Griyegong *logos* (cf. Juan 1:1; I Pedro 1:23) at *rēma* (cf. ang OT sipi mula sa Septuagint sa 1:25a at pagkabanggit sa sa v. 25b) ay kadalasang magkasingkahulugan. Ang konteksto, hindi isang leksikon, ang nagpapasiya ng pagkasingkahulugan. Inihayag ng Diyos ang Kaniyang sarili (i.e., kapahayagan)!

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2:1-3

**[1]Kayat sa paghihiwalay ng lahat na kasamaan, at lahat ng pagdaraya, at pagpapaimbabaw, at mga pananaghili, at ng lahat ng panglalait, [2]Gaya ng mga sanggol na bagong panganak ay nasain ninyo ang gatas na walang daya na ukol sa salita, upang sa pamamagitan nito'y magsilago kayo sa ikaliligtas; [3]Kung inyong napagkilala na ang Panginoon ay mapagbiyaya:**

**2:1 "Samakatuwid"** Ito ay nagpapakita na ang sumusunod na pagtalakay ay batay sa kung ano ang naihayag na.

▣ **"paghihiwalay"** Ito ay isang AORIST PANGGITNANG PANDIWARI na sa literal ay tumutukoy sa pansariling "pagbakbak." Ang pagtanggal ng kasuotan ay isang karaniwang biblikal na talinghaga sa paglalarawan ng espirituwal na buhay (cf. Job 29:14; Awit 109; 29; Isaias 61:10; taga-Roma 13:12; taga-Efeso 4:22,25,31; taga-Colosas 3:8; Mga Hebreo 12:1).

Pansining ang PANGGITNANG TINIG, na nagbibigay-diin sa pagkilos ng paksa. Ang mga mananampalataya ay sa minsan-at-para sa-lahat (AORIST PANAHUNAN bilang isang natapos na pagkilos) na pagtatanggal ng lahat ng kasamaan. Ito ay maaari lamang dahil sa nakalipas na teolohikong pagpapakilala ng gawain ng Trinidad na Diyos (cf. v. 2). Ang nalugmok na sangkatauhan ay walang kakayahan, walang tulong na lumayo mula sa kasalanan at kasamaan, ngunit ang Diyos kay Kristo sa pamamagitan ng Espiritu ay binigyan ng kakayahan ang mga mananampalataya na lumapit nang lubusan Diyos (cf. taga-Roma 6). Ang sakuna ay ang mga mananampalataya ay nagpapatuloy na iiwan ang kapangyarihan na pinagkaloob ng Diyos at piniling bumalik sa kasamaan (cf. taga-Roma 7).

▣ **"lahat na kasamaan"** Ito ay tumutukoy sa isang "aktibong masamang-kalooban"(cf. taga-Roma 1:29; I taga-Corinto 5:8; 14:20; taga-Efeso 4:31; taga-Colosas 3:8; Tito 3:3; I Pedro 2:16). Ang tala ng mga bisyo ay karaniwan sa Romanong mundo (e.g. Stoics) at NT (cf. Marcos 7:21-27; taga-Roma 1:29-31; 13:13; I taga-Corinto 5:10; 6:9-10; II taga-Corinto 12:2; taga-Galacia 5:19-20; taga-Efeso 4:31; taga-Colosas 3:8; I Timoteo 1:9-10; II Pedro 2:10-14; Pahayag 21:8, 22:15).

▣ **"lahat ng pagdaraya"** Ang terminong ito ay ginamit sa "pampain sa isda." Iyon ay naglalarawan sa isang pagtatangka na bitagain ang isa pang sa pamamagitan ng pandaraya (cf. I taga-Corinto 12:16; I taga-Thesalonica 2:3; I Pedro 2:1,22; 3:10).

▣ **"pagpapaimbabaw"** Ito sa literal ay "hatulan sa ilalim ng." Iyon ay isang pangtanghalang salita na ginamit ng mga artista na nagsasalita sa likod ng isang maskara.

▣ **"pananaghili"** Ito ay isang paninibugho na dinudulot ng pagnanais na makamtan ang anumang bagay na taglay na ng ibang tao (cf. Mateo 27:18; Marcos 15:10; taga-Roma 1:29; taga-Filipos 1:15; I Timoteo 6:4; Tito 3:3; Santiago 4:5).

▣ **"panglalait"** Ito ay tumutukoy sa pagsasalita ng kasamaan sa isa pang tao, upang siraan sila (cf. taga-Roma 1:30; II taga-Corinto 12:20; I Pedro 2:1,12; 3:16). Ang gawaing ito ay ginamit sa kapwa OT at NT na naglalarawan kay Satanas. Iyon ay maliwanag sa pagbabanggit nito mismo na iyon din ang isang suliranin sa mga sinaunang iglesiya na nakakaranas ng ganitong pag-uusig.

**2:2 "Gaya ng mga sanggol na bagong panganak"** Ito maaaring kaugnay sa pagpapaalala ni Hesus sa Kaniyang mga alagad na magkaroon ng pananampalataya tulad ng munting mga anak (cf. Mateo 18:3ff). Iyon din ay nauugnay sa mas maagang pampamilyang talinghaga ng pagiging ipinanganak muli (cf. I Pedro 1:3,23; Juan 3:3).

Sa kabanata 2, si Pedro ay gumagamit ng maraming mga talinghaga na naglalarawan sa mga mananampalataya.

1. bagong panganak na mga sanggol, 2:1
2. mga buhay na bato na bumubuo ng isang espirituwal na tahanan, 2:5
3. isang pagkasaserdote, 2:5,9
4. isang bayan, 2:9-10
5. mga dayuhan at mga banyaga, 2:11
6. tupa, 2:25

▣ **"ay nasain"** Ito ay isang AORIST GANAP NA PAUTOS. Ito ay isang malakas na salitang para sa pagnanais (cf. taga-Filipos 1:8; 2:26). Ang espiritwal na paglago at pagkahinog ay hindi kukusa sa buhay Kristiyano. Ang diwa nag utos na ito ay maaaring makita sa Mga Awit 42:1-4 at Mateo 5:6.

▣ **"na walang daya"** Ito ay isang termino ay hinango mula sa pagawaan ng alak ng unang siglo. Iyon ay ang terminong *dolon* (katusuhan, cf. v. 1) na may ALPHA PRIVATIVE. Ang alak ay kadalasang hinahaluan ng tubig, lalo na ang mas matatandang alak. Kadalasang ang mga mangangalakal ay sinusubukang ipagbili ang malabnaw o hinaluang alak. Samakatuwid, ang terminong ito ay ginamit na patalinghaga sa "walang halo"o "tunay."

Sa pag-iingat ng kontekstuwal na talinghaga ng bagong panganak na mga sanggol na Kristiyano, ito ay tumutukoy sa kinakailangang pagpapalusog ng mga sanggol, ang gatas. Ang mga taong ito ay naligtas sa salita ng Diyos (cf. 1:23); ngayon, sila ay nangangailangang lumago sa salita ng Diyos. Ito ay isang inaasahan at kinakailangang bunga ng bagong kapanganakan. O, ang sakuna ng mga mananampalataya nananatiling sanggol na Kristiyano.

▣ **"gatas"** Si Tertullian ay binigyan ang "mga bagong mananampalataya" ng gatas at pulot-pukyutan pagkatapos ng kanilang bautismo bilang isang simbolo ng kanilang bagong buhay kay Kristo batay sa mismong tekstong ito. Kailangan natin nang walang-tigil ang katotohanan ng Diyos, na nahayag kay Kristo at ang pangangaral ng mga Apostol (cf. Mga Hebreo 5:12).

▣
**NASB, NKJV "na ukol sa salita"**
**NRSV, TEV, NJB "espirituwal"**

Ito ay ang pilosopikong terminong *logikos* gaya ng taga-Roma 12:1. Iyon ay tumutukoy sa pangkaisipang pangangatuwiran (cf. NASB, NKJV) o talinghaga sa espirituwal (cf. NRSV, TEV, NJB). Iyon ay maliwanag na kaugnay sa pangangailangan ng mga bagong mananampalataya para sa pang-Apostol na pangangaral at turo (cf. 1:23-25). Ang mga mananampalataya ay kinakailangang basahin at malaman ang Bibliya.

▣ **"magsilago kayo sa ikaliligtas"** Ito ay isang AORIST BALINTIYAK NA MAY PASAKALI. Ang pang-Apostol na pangangaral ay pinapakilala bilang kinatawan ng BALINTIYAK NA TINIG, na nagdudulot sa mga mananampalataya na lumago. Ang kaligtasan ay tinitingnan sa NT bilang

1. isang nakalipas na kapasyahan (AORISTNA PANAHUNAN)
2. isang nagpapatuloy na proseso (PANGKASALUKUYANG PANAHUNAN)
3. isang nakalipas na pangyayari hahantong sa isang kasalukuyang kalagayan (GANAP NA PANAHUNAN)
4. isang panghinaharap na kalubusan (PANGHINANARAP NA PANAHUNAN)

Ang kontekstong ito ay nagpapahayag ng espirituwal na paglago sa pamamagitan ng ihihayag na katotohanan ng Diyos (cf. 1:23,25; 2:2) ay napakahalaga para sa isang nalubos na Kristiyanong buhay. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:5.

**2:3 "Kung inyong napagkilala na ang Panginoon ay mapagbiyaya"** Ito ay isang UNANG URING MAY PASUBALI na ipinagpapalagay na tunay. Ang mga mananampalataya na nakaranas ng biyaya ng Diyos ay inaasahang magnais ng katotohanan ng Diyos at tumago sa katotohanan ng Diyos sa isang lubos at ganap na kaligtasan. Ang talatang 3 ay isang pagkabanggit sa Mga Awit 34:8. Ang Awit ay tumutukoy kay YHWH, ngunit dito iyon ay tumutukoy kay Hesus. Ang United Bible Societies, *Handbook on the First Letter from Peter* ay nagpapahayag na ito ay tumutukoy sa unang komunyon ng mananampalataya (p. 53).

1. isang paglalaro ng salita sa pagitan ng kabaitan (*chrēstos*) at Kristo (*Christos*)
2. Awit 34 ay ginamit ng sinaunang iglesiya sa panahon ng komunyong paglilingkod
3. "tikman" (AORIST NA PANAHUNAN) ay tumutukoy sa unang komunyon (maaaring pagkatapos ng bautismo)

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Si Pedro ba ay sumusuat sa mga Hudyo o mga Hentil, o kapwa?
2. Ano ang sentrong katotohanan sa panalangin ni Pedro sa vv. 3-9?
3. Bakit nagdurusa ang Kristiyano?
4. Bakit sinasabing ang ating kaligtasan sa panghinaharap din?
5. Ano ang inaasam na malaman ng mga propeta sa OT sa vv. 10-12?
6. Itala ang mga kautusang matatagpuan sa vv. 13-22.
7. Ano ang pinakakailangan ng mga bagong mananampalataya?

# I PEDRO 2:4-25

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Buhay na Bato at ang Banal na Bayan | Ang Matatag na Salita | Isang Pagsamo sa Kabanalan | Ang Buhay na Bato at ang Banal na Bayan | Pagbibigay-buhay ng Salita |
| | (1:22-2:3) | (1:23-2:10) | | (1:22-2:3) |
| 2:1-8 | Ang Piniling Bato at Ang Piniling Bayan | | 2:1-8 | Ang Bagong Pagkasaserdote |
| | 2:4-10 | 2:4-8 | | 2:4-8 |
| 2:9-10 | | 2:9-10 | 2:9-10 | 2:9-10 |
| Mabuhay bilang Mga Lingkod ng Diyos | Mamuhay sa Mundo | Ang Katungkulan ng Mga Kristiyano | Ang Mga Alipin ng Diyos | Mga Katungkulan ng Mga Kristiyano: Tungo sa Mga Di-mananampalataya |
| | | (2:11-4:11) | | |
| 2:11-12 | 2:11-12 | 2:11-12 | 2:11-12 | 2:11-12 |
| | Pagpapasakop sa Pamahalaan | | | Mga Katungkulan ng Mga Kristiyano: Tungo sa Pinuno |
| 2:13-17 | 2:13-17 | 2:13-17 | 2:13-17 | 2:13-17 |
| Ang Halimbawa ng Pagpapakasakit ni Kristo | Pagpapasakop sa Masters | | Ang Halimbawa ng Pagpapakasakit ni Kristo | Mga Katungkulan ng Mga Kristiyano: Tungo sa Mga Panginoon |
| 2:18-25 | 2:18-25 | 2:18-25 | 2:18-25 | 2:18-20 |
| | | | | 2:21-25 |

**IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)**
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito ay isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng pagpapaliwanag. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Pangatlong talata

4. Atbp.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2:4-8**

**[4]Na kayo ay magsilapit sa kaniya, na isang batong buhay, na sa katotohanan ay itinakuwil ng mga tao, datapuwat sa Diyos ay hirang, mahalaga, [5]Kayo rin naman, na gaya ng mga batong buhay, ay natatayong bahay na ukol sa espiritu, upang maging pagkasaserdoteng banal, upang maghandog ng mga hain na ukol sa espiritu, na nangakalulugod sa Diyos sa pamamagitan ni Hesukristo. [6]Sapagkat ito ang nilalaman ng kasulatan, Narito, aking inilalagay sa Sion ang isang batong panulok na pangulo, hirang mahalaga: At ang sumasampalataya sa kaniya ay hindi mapapahiya. [7]Sa inyo ngang nanganananampalataya, siya ay mahalaga: datapuwat sa hindi nanganananampalataya, Ang batong itinakuwil ng nagsisipagtayo ng bahay Siyang naging pangulo sa panulok; [8]At, Batong katitisuran, at bato na pangbuwal; Sapagkat sila ay natitisod sa salita, palibhasa'y mga suwail: na dito sa parusa rin naman sila itinalaga,**

**2:4 "kayo ay magsilapit sa kaniya"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG (deponent) PANDIWARI. Ang NKJV, NRSV at TEV isinalin ito bilang isang PAUTOS. Pansinin ang nagpapatuloy na pagdating at personal na sangkap na, "sa Kaniya." Ang ebanghelyo ay pangunahing isang persona na malugod na tinatanggap, pinagkakatiwalaan, at tinutularan. Ang terminong ito ay may kahulugan ng paglapit sa Diyos, bilang isang saserdote o mananamba (cf. Mga Hebreo 4:16; 7:25; 10:1,22; 11:6). Binabago ni Pedro ang kaniyang talinghaga mula sa gatas sa vv. 2-3, sa mga talinghaga ng pagtatayo sa vv. 4-8 (mga mananampalataya bilang buhay na mga bato at si Hesus bilang ang panulukang bato). Ito ay maaaring isang nagpapatuloy na pagkabanggit sa Mga Awit 34:4 mula sa Septuagint.

▣ **"na isang batong buhay"** Sa OT, ang katatagan, kalakasan, at pagtitiis ng Diyos ay kadalasang inilalarawan sa pamamagitan ng paggamit sa paghahambig ng bato bilang isang titulo (cf. Deuteronomyo 32:4,15,18,30; Mga Awit 18:2,31,46; 28:1; 31:3; 42:9; 71:3).

Ang talinghaga ni Hesus bilang isang bato ay matatagpuan sa

1. isang tinanggihang bato (Mga Awit 118:22)
2. isang nagtatayong bato (Mga Awit 118:22; Isaias 28:16)
3. isang batong katitisuran (Isaias 8:14-15)
4. isang mananaig at mananakop na bato (kaharian), (Daniel 2:45)

Ginagamit ni Hesus ang mga talatang ito upang ilarawan ang Kaniyang sarili (cf. Mateo 21:40; Marcos 12:10; Lucas 20:17).

▣ **"na sa katotohanan ay itinakuwil ng mga tao"** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA PANDIWARI. Ito ay maaaring isang pagkabanggit sa v. 7, na mula sa Septuagint ng Mga Awit 118:22. Ang bato ay hindi tinanggap ng "mga tagapagtayo," na tumutukoy sa Hudyong pamumuno, ngunit pinalawig iyon ni Pedro sa lahat ng mga di-mananampalatayang tao. Ang terminong ito, mula sa *apo* at *dokimazō,* ay nangangahulugang ang pagsubok ng isang tao o anumang bagay upang malaman kung iyon ay tunay. Ang mga Hudyo ay nagpatuloy sa pagntanggi kay Hesus bilang Mesias at ang pagtangging ito ay naging isang kalagayan ng espirituwal na pagkabulag (cf. Marcos 8:31; Mateo 6:23).

▣ **"datapuwat sa Diyos ay hirang, mahalaga"** Ito ay sa tuwirang pagkakaiba sa naunang parirala. Ang terminong "pagpili" ay sa literal "paghirang" sa kaunawaan ng "paunang pagtatalaga" (cf. 1:2,20). Isang tinanggihang (ipinako sa krus o di-tinanggap) Mesias ay palaging nandoon sa tanging plano ng katubusan ng Diyos (cf. Lucas 22:22; Mga Gawa 2:23; 3:18; 4:28; 13:29; taga-Efeso 1:11).

**2:5 "gaya ng mga batong buhay"** Ang NT ay gumagamit ng maraming pangkabuuang mga talinghaga upang ilarawan ang iglesiya.

1. isang ubusan (Juan 15:5)
2. isang kawan (Juan 10:16)
3. isang babaing ikakasal (i.e., isang pamilya, cf. taga-Efeso 5:27; Pahayag 19:7, 21:9)
4. isang katawan (taga-Efeso 1:22-23, I taga-Corinto 12)
5. isang pamilya (taga-Roma 8:15-17; I Timoteo 3:15)
6. isang lungsod (Mga Hebreo 11:10,16; 12:22, 13:14; Pahayag 2:2,10)
7. dito, isang templo (cf. I taga-Corinto 3:9,16; 6:19)

▣ **"ay natatayong bahay na ukol sa espiritu"** Ito ay maaaring isang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG, bagaman sa anyo, iyon ay isang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA PAUTOS. Ito ay ang parehong PANDIWA na ginamit sa Mateo 16:18 upang ilarawan ang iglesiya na itinatayo sa bato ng personal na pananampalataya (i.e., si Pedro bilang isang halimbawa). Ang kabuuang konteksto ay nagpapatuloy na pinalalago ang talinghaga ng v. 4. Si Hesus ang bagong Templo (cf. Juan 2:18-22). Ang mga mananampalataya kay Kristo ay ang tunay na pagkasaserdote. Ang mga di-nananampalatayang Hudyo ay natitisod (cf. vv. 7-8) sa mga bato na mismong itinayo ni YHWH ang Kaniyang espirituwal

na Templo—(1) si Hesus at (2) ang Iglesiya (cf. I Timoteo 3:15). Tanging sila na may pananampalataya kay Kristo ay makakaganap sa espirituwal na templo ng Diyos, sa paghahain ng katanggap-tanggap mga espirituwal na pag-aalay (i.e., banal na mga buhay na ipinagkakaloob ang sarili, cf. 1:14-16; taga-Roma 12:1- 2).

## NATATANGING PAKSA: NAGPAPATIBAY (EDIFY)

Ang salitang ito *oikodomeō* at kanyang ibang anyo ay madalas na ginamit ni Pablo. Sa literal, ito ay nangangahulugang "magtatag ng isang bahay" (cf. Mateo 7:24), ngunit ito ay ginamit na patalinghaga para sa:

1. katawan ni Kristo, ang iglesiya, I taga-Corinto 3:9; taga-Efeso 2:21; 4:16
2. pagpapatibay ng
   a. mga mahinang kapatid, taga-Roma 15:1
   b. kapwa, taga-Roma 15:2
   c. bawat-isa, taga-Efeso 4:29; I taga-Thesalonica 5:11
   d. ang mga banal para sa gawain, taga-Efeso 4:11
3. tayo ay nagpapatatag o nagpapatibay sa pamamagitan ng
   a. pag-ibig, I taga-Corinto 8:1; taga-Efeso 4:16
   b. pagtatakda ng pansariling kalayaan, I taga-Corinto 10:23-24
   c. pag-iwas sa mga haka-haka, I Timoteo 1:4
   d. pagtatakda sa mga magsasalita sa mga panambahang paglilingkod (mga umaawit, mga guro, mga propeta, mga nagsasalit ng mga wika, at mga taga-pagsalin), I taga-Corinto 14:3-4,12
4. ang lahat ng mga bagay kailangang makapagpatibay
   a. kapangyarihan ni Pablo, II taga-Corinto 10:8; 12:19; 13:10
   b. buod na mga pahayag sa taga-Roma 14:19 at I taga-Corinto 14:26

▣ **"upang maging pagkasaserdoteng banal"** Si Pedro ay gumagamit ng mga pangalan ng bayan ng Diyos sa OT, ang Israel, upang ilarawan ang iglesiya (cf. Exodo 19:5; I Pedro 2:9-10; Pahayag 1:6). Sa OT, ipinangako ni YHWH sa pamamagitan ng supling ni Eba na tutubusin ang lahat ng sangkatauhan (cf. Genesis 3:15). Tinawag ni YHWH si Abram (cf. Genesis 12:1-3) upang tawagin ang isang kaharian ng mga saserdote (cf. Exodo 19:5-6) na aabutin ang lahat sa mundo (cf. Genesis 12:3 at Exodo19:5). Nabigo ang Israel sa gawaing ito (cf. Ezekiel 36:27-38). Samakatuwid, ang Diyos ay nagtalaga ng isang bagong bayan ng pananampalataya (cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:22-38) upang abutin ang mundo (cf. Mateo 28:19-20; Lucas 24:47Acts 1:8; I Pedro 2:9).

Si Martin Luther ay ginamit ang awtoridad ng Bibliya at ang katotohanan ng pagpapawalang-sala sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya ni Pablo upang itanggi ang mga tradisyon ng Iglesiya Katolika. Ginamit niya ang pariralang "ang pagkasaserdote ng ang mananampalataya" (PANG-ISAHAN). Ang kanluraning pagkamakasarili ay hinango ang islogang ito at ginawa iyong isang pang-aabuso para sa personal na kalayaan sa paniniwala at pamumuhay. Ngunit ang konseptong ito ay pangkabuuan, hindi pansarili (i.e., pansinin ang PANGMARAMIHANG PANGHALIP sa vv. 5,7,9). Iyon ay nakatuon sa pangangaral ng ebanghelyo, hindi nakatuon sa personal na kalayaa. Ang mga mananampalataya ay pinagkalooban ng pang-ebanghelyong pagtatalaga ng Isreal sa buong mundo (cf. taga-Roma 15:16; Mga Hebreo 13:15-16). Ang malaman ang kahulugan ng pagkasaserdote na tayo ay may tuwirang paglapit sa Diyos sa pamamagitan ni Kristo ay tunay, ngunit ito ay hindi layunin ng ang talinghaga. Ang isang saserdote ay tumatayo sa pagitan ng mga nangangailangang tao at isang banal na Diyos. Hindi niya itinataguyod ang kanyang kinatatayuan, ngunit ang mga pangangailangan ng tao. Ipinapahayag ng NT ang pagkasaserdote ng mga mananampalataya (PANGMARAMIHAN, pangkabuuan) na sila ang magdadala sa isang nalugmok na mundo sa pananampalataya kay Kristo.

## NATATANGING PAKSA: ANG KRISTYANISMO AY PANGSAMAHAN (CHRISTIANITY IS CORPORATE)

A. Ang paggamit PANGMARAMIHANG talinghaga nina Pablo at Pedro para sa bayan ng Diyos
   1. katawan (cf. 1 taga-Corinto 12:12-20)
   2. bukid (cf. 1 taga-Corinto 3:9)
   3. gusali (cf. 1 Pedro 2:4-5)

B. Ang salitang "banal" ay laging PANGMARIHAN (maliban sa taga-Filipos 4:21, ngunit maging dito ito ay pangsamahan)

C. Ang pagbibigay-diin ng Repormasyon sa "pagkakasaserdote ng mananampalataya" ayon kay Martin Luther ay biblikal na pagpapalagal. Sa katotohanan, ang Bibliya ay nagpapahayag ng "pagkakasaserdote ng mga mananampalataya" (cf. Exodo 19:6; I Pedro 2:5,9; Pahayag 1:6).

D. Ang bawat mananampalataya ay binigyan ng kaloob para panlahatang kabutihan (cf. I taga-Corinto 12:7)

E. Tanging sa isang pagtutulungan ang bayan ng Diyos ay magiging mabisa. Ang ministeryo ay pangsamahan (cf. taga-Efeso 4:11-12).

▣ **"upang maghandog ng mga hain na ukol sa espiritu"** Pagkatpos ng pagkawasak ng Templo noong A.D. 70, ang mga Hudyo ay pinatingkad ang mga talata sa OT na nagtataguyod sa mga pag-aalay na walang hayop (cf. Mga Awit 50:14, 51:27, 69:30-31, 107:22, 141:2; Osea 14:2). Ang Mga Hebreo 13:5 ay nagpapakilala ng ganitong uri ng Kristiyanong pag-aalay. Sa konteksto, ito ay tumutukoy sa mga mananampalatayang pamumuhay na banal at mga buhay na ibinibigay ang sarili mula sa kabanata 1 (lalo na vv. 14-16; Mga Hebreo 13:15- 16).

**2:6 "ang isang batong panulok na pangulo, hirang mahalaga"** Ito ay isang sipi mula sa Isaias 28:16. Ang konseptong ito ng Mesias bilang isang bato o bato ay inuulit sa OT (cf. Mga Awit 118:22; Daniel 2:34-35; Isaias 8:14, 28:16). Ang mga talatang ito sa OT na kadalasang sinisipi sa NT (cf. Mateo 21:42; Marcos 12:10; Lucas 20:17; I taga-Corinto 10:4; taga-Efeso 2:22; I Pedro 2:6-8) ay tumutukoy kay Hesus bilang Isang Ipinangako ng Diyos. Si Pedro din ay ginamit iyon sa kaniyang pangangaral sa Mga Gawa 4:11. Tingnan ang tala sa 2:4b. Tingnan ang Natatanging Paksa: Panulukang Bato sa Marcos 12:10.

▣
**NASB** **"At ang sumasampalataya sa kaniya ay hindi mapapahiya"**
**NKJV** **"Ang sinumang manampalataya sa Kaniya ay hindi mahihiya"**
**NRSV** **"Sinumang maniwala sa Kaniya ay hindi mailalagay sa kahihiyan"**
**TEV** **"Sinumang manampalataya ay hindi mahihiya"**
**NJB** **"Wala sa mga nagtiwala sa Kaniyang kalooban ang mapapahiya"**

Ang pariralang ito ay mula sa LXX ng Isaias 28:16. Pansining ang paanyaya ay bukas sa lahat (cf. Juan 1:12; 3:16; taga-Roma 10:9-13; I Timoteo 2:4; II Pedro 3:9). Ito ay isang DALAWAHANG SALUNGAT, "hindi, hindi di-kailanman, mabibigo" o "mapapahiya." Para sa "nananampalataya" tingnan ang Natatanging Paksa sa Marcos 1:15.

Si F. F. Bruce, *answers to Questions* (p. 158) ay itinuturo ang pagkakaiba sa pagitan ng mga tekstong Septuagint at Masoretikong Hebreo.

1. Ang LXX – "hindi mapapahiya" (NASB) o "dadalhin sa kahihiyan" (NJB) ay ang PANDIWA na *yēbōsh*
2. Ang MT – "hindi mababalisa" (NASB, tala sa gilid), "magmadali" ay ang PANDIWA na *yahish*

Sa pahina 157, nagbigay ng komento si Bruce na mga may-akda ng NT maaaring sinipi ang salin sa karaniwang paggamit ng sinaunang iglesiya maliban na sila ay may isang natatanging teolohikong dahilan upang lumayo mula sa dito at gumamit ng iba. Ang pangkalahatang kahulugan ng isang talata ay susi sa konsepto ng inspirasyon, hindi isang pag-aaway bawat isang salita. Ang sangkatauhan ay pinagkalooban ng isang mapagkakatiwalaan kapahayagan!

**2:7 "nagsisipagtayo"** Ang mga Hudyong Targum (Aramaikong salin na may komentaryo) ay ginamit ang terminong bilang isang titulo para sa mga Eskriba. Ito ay isang sipi mula sa Mga Awit 118:22. Si Hesus ay gumagamit ng katulad na sipi sa OT sa Kaniyang parabula ng mga masasamang nangangamuhang magsasaka sa Mateo 21:42. Ang parabulang ito ay inilalarawan ang Hudyong pamumuno sa panahon ni Hesus. Iyon ay di-tiyak kung ang mga malakas na salita ng kahatulan ni Hesus ay kaugnay sa (1) Kaniyang pagtanggi ng konsepto ng di-Aaronikong Hudyong pamumuno (i.e., sina Annas at Caiaphas) na binili ang kanilang mga posisyon mula sa Roma o (2) Kaniyang pagtanggi sa lahat ng Hudyong mamamayan (i.e., Israel) na tumangging maniwala sa Kaniya (cf. taga-Roma 9-11).

**2:8 "Batong katitisuran, at bato na pangbuwal"** Ito ay isang sipi mula sa Isaias 8:14. Iyon din ay sinipi sa taga-Roma 9:32, kung saan ito ay tumutukoy kay Hesus. Ang natatanging bato ay tinanggihan at nagiging ang layon ng pagkawasak!

▣ **"palibhasa ay mga suwail"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG GANAP NA PANDIWARI. Sila (mga di-mananampalataya sa panahon ni Pedro, kapwa mga Hudyo at mga Hentil) ay nagpapatuloy sa pagsuway dahil kanilang itinanggi si Hesus bilang Nagdurusang Mesias. Itinanggi nila ang kapwa pangangaral ni Hesus at ng Kaniyang mga Apostol (cf. 1:24,25). Tinanggihan nila ang walang-hangang salita (i.e., ang ebanghelyo, cf. 1:22-2:2).

▣
**NASB** **"na dito sa parusa rin naman sila itinalaga"**
**NKJV** **"sila rin naman ay itinalaga"**
**NRSV** **"gaya nang kanilang patutunguhan"**
**TEV** **"yan ang kalooban ng Diyos para sa kanila"**

Ang mga Calvinist ay ginagamit ang talatang ito at taga-Roma 9:22; I taga-Thesalonica 5:9 upang ipahayag na ang Diyos ay pumili ng ilan sa kaligtasan at ilang sa kapamahakan. Gayunman, mga talatang tulad ng Juan 3:16; I Timoteo 2:4; II Pedro 3:9 ay nagpapakita na hindi ito totoo. Ang pagpili ng Diyos ay pangunahing para sa kabanalan (cf. taga-Efeso 1:4; 2:10); para sa pagiging wangis kay Kristo (cf. taga-Roma 8:29).

Ang talatang ito ay nagpapaalala sa aking ng Isaias 6:9-13. Ang pangkasunduang bayan ng Diyos ay may liwanag kailangang nila upang tumugon nang nararapat sa Kaniya, ngunit hindi nila ginawa. Ang nagpapatuloy na pagtanggi ay nagpapahayag ng matigas na puso na hindi tutugon. Tanging kahatula ang maaari. Ang Diyos ng panahon at kasaysayan ay nalalaman kung ano ang gagawin ng mga tao ngunit pinahihintulutang silang gawin iyon at kung gayon Kaniyang pinapatibay at kinikilala ang mga kahihinatnan ng kanilang mga panandalian/walang-hangang pagpili.

Iyon ay napakahirap para sa mga Hudyong mananampalataya na pakitunguhan ang Hudyong pagtanggi kay Hesus. Paano ito nangyari? Ang mga sinaunang mananampalatayang ito ay nagsimulang magbasa ng Banal na Kasulatan para sa mga palatandaan ng ganitong nakakagulat na kawalang-paniniwala.

1. Isaias 6:9-10; 8:14-15; 43:8
2. Jeremias 5:21; 7
3. Mateo 21:33-44; Marcos 12:1-12
4. Lucas 2:34; 20:9-18
5. taga-Roma 9-11
6. I taga-Corinto 1:23

Ang sumusunod na sipi ay mula kay F. F. Bruce, *Answers to Questions*, pp. 196-197, tungkol sa "paghirang" vs. "pagpili."

*"Ang 'paghirang sa kaligtasan' at 'paghirang sa kapamahakan' ba ay mga magkaugnay na termino?*

Sa mga tiyak na sistemang teolohiko na mayroon, ngunit mahalagang suriin ang mga teolohikong sistema sa pamamagitan ng Banal na Kasulatan, at tandaan na, kapag ang turo ng Banal na Kasulatan ay ginawan ng sistema, anumang bagay ay kadalasang nawawala sa proseso. Ang terminong 'paghirang' ay naging kasangkot sa teolohikong pagtatalo na ang kaunawaan ng Biblikal na turo sa paksa ay mas maaaring maunawaan kung tayo ay gumagamit ng isang di-teolohikong salitang tulad ng 'pagpili' sa lugar nito. Pinili ni Kristo ang labindalawang lalaki upang maging mga apostol (Lucas 6:13); Pinili Niya si Saul ng Tarsus na maging isang 'piniling sisidlan' (Mga Gawa 9:15); ngunit Kaniyang pagpili sa mga lalaking ito para sa isang natatanging layunin ay nagpapahiwatig ng walang paghahamak sa iba na hindi pinili. Pinili ng Diyos ang mula sa karamihan ng mga bansa (Mga Gawa 13:17)—para sa dakilang pakinabang ng iba pang mga bansa, hindi sa kanilang kawalan. Kapag ang paghirang ng bayan ng Diyos sa panahong ito ay inuusisa, iyon ay hindi palaging sa kanilang 'paghirang sa kaligtasan' gayan ng kanilang paghirang sa kabanalan na binibigyang-diin. Kung gayon, para sa halimbawa, sa taga-Efeso 1:4 at I Pedro 1:1f; at katulad, sa taga-Roma 8:29, ang layunin kung saan ang Diyos ay nagpaunang-pagtatala sa kanila ang Kaniyang paunang kinilala ay sila na 'kawangis sa larawan ng kaniyang Anak.' Wala sa lugar na ito ang mungkahi ng 'paghirang sa kapamahakan' bilang isang kaugnayan. Tayo ay dapat mag-ingat sa paglalahat mula sa isang tiyak na mga sangunian gaya ng taga-Roma 9:22 ('mga sisidlan ng poot para sa pagkawasak) at I Pedro 2:8 'sila ay nangatisod dahil sila ay sumuway sa salita, gaya ng kanilang kasasadlakan'). Ang pangkalahatang paghahambing sa Biblical turo sa paksang ito ay nagpapahiwatig na ang ilang ay hinirang o pinili ng Diyos—hindi upang ang iba, maliman sa kanila, ay maiwan sa kapamahakan, ngunit upang ang iba, sa pamamagitan ng nila, ay pagbabalain."

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2:9-10

**[9]Datapuwat kayo ay isang lahing hirang, isang makaharing pagkasaserdote, bansang banal, bayang pag-aaring sarili ng Diyos, upang inyong ipahayag ang mga karangalan niyaong tumawag sa inyo mula sa kadiliman, hanggang sa kaniyang kagilagilalas na kaliwanagan: [10]Na nang nakaraang panahon ay hindi bayan, datapuwat ngayon ay bayan ng Diyos: na hindi nagsipagkamit ng awa, datapuwat ngayon ay nagsipagkamit ng awa.**

**2:9 "datapuwat kayo"** Pansinin ang PANGMARAMIHAN na "kayo" at ang pagkakaiba. Ang may-akda ay gumagamit ng isang pinaghalong pagkabanggit mula sa Exodo 19:6 at saka 19:5.

▣ **"isang lahing hirang"** Ang katulad na paglalarawang titulo ay matatagpuan sa Deuteronomyo 7:6; 10:15; Isaias 43:20-21. Pinili para sa ministeryo! Ito ay isang OT titulo para sa mga piniling lingkod.

▣ **"isang makaharing pagkasaserdote"** Ang titulo ito ay matatagpuan sa Exodo 19:6; Isaias 61:60; 66:21. Tulad ng Israel na piniling magdala ng kaalaman kay YHWH sa mundo, ngayon ang iglesiya ay tinatawag upang bingyan-kabatiran at dalhin ang nangangailangan, makasalanang mga taon kay YHWH.

▣ **"bansang banal"** Ito ay katulad na titulo na matatagpuan sa Exodo 19:6; Deuteronomyo 7:6; 14:2,21; 26:19. Ang Israel ay tinatawag na maging nagatatanging banal at samakatuwid, inihahayag ang isang banal na Diyos (cf. Mateo 5:48; I Pedro 1:15-16) sa isang nalugmok na mundo.

▣ **"bayang pag-aaring sarili ng Diyos"** Ang katulad na paglalarawang titulong ito ay matatagpuan sa Exodo 19:5; Deuteronomyo 4:20; 7:6; 14:2; 26:18; Malakias 3:17. Ang talatang ito ay nagpapahayag sa iglesiya bilang espirituwal na Israel (cf. taga-Galacia 6:16). Ang mga titulo sa OT para sa bayan ng Diyos ay inuukol ngayon sa Katawan ni Kristo sa NT (cf. taga-Roma 2:28-29: taga-Galacia 3;29, 6:16; taga-Efeso 2:11-3:13; Pahayag 1:6). Sa ilang mga paraan, ang iglesiya ay pinalitan ang, bilang mandato ng pangmundong misyon (cf. Mateo 28:19-20; Lucas 24:47; Mga Gawa 1:8).

▣ **"inyong ipahayag ang mga karangalan"** Ang layunin ng bayan ng Diyos ay masaksihan ang kadakilaan ng isang tunay na manlilikha/manunubos na Diyos! Sila ay pinili at binigyang-laka upang ipamuhay at ipahayag ang ebanghelyo.

▣ **"niyaong tumawag sa inyo mula sa kadiliman, hanggang sa kaniyang kagilagilalas na kaliwanagan"** Ang kadiliman at liwanag ay biblikal na mga talinghaga ng kasalanan, paghihimagsik, at kasamaan laban sa pag-asa, katotohanan, kagalingan, at kabutihan (cf. Juan 1:4-5; 3:19-21; 8:12; 12:35-36,46; Mga Gawa 26:18; II taga-Corinto 4:6; I Juan 1:5; 2:8- 9.11). Gaya ng nakalipas na parirala ay maaaring isang pagkabanggit sa Isaias 42:12, ang pariralang ito ay maaaring pagkabanggit sa Isaias 42:16.

**2:10 "Na nang nakaraang panahon ay hindi bayan"** Ipinakikilala nito ang isang sipi mula sa Osea 1:10 at 2:23. Ang susing termino ay *lo ammi* (ang pangalan ng isa sa mga anak ni Osea), na sa orihinal ay tumutukoy sa Israel na hindi na bayan ng Diyos dahil ng kanilang pagsamba sa diyus-diyosan at mga pamumuhay na lumalabag sa kasunduan. Sila ay (1) nagtitiwala sa pampulitikong pagsasanib at hindi sa Diyos at (2) pagsasamba kay Ba'al gamit ang pangalan ni YHWH.

▣ **"datapuwat ngayon ay bayan ng Diyos"** Ito ay isa pang sipi mula sa Osea 2:23. Ang talatang ito sa konteksto nito sa OT ay nagpapatibay sa Israel, na kahit na nagkasala at lumayo mula sa kanilang kasunduang Diyos, Siya ay handang muling itatag kanilang pangkasunduang kalagayan (i.e., talinghaga ng kasalan). Ito parehong mapagmahal at mapagpatawad na Diyos ngayon ay hinahawakan ng Kaniyang kamay sa mga masuwaying Hentil.

Ang paggamit na ito ng Osea sa orihinal at tumutukoy sa masuwaying hilagang kaharian ng Israel ng ikawalang siglo B.C. ngayon ay ginamit ni Pedro upang iugnay sa mga paganong Hentil. Ang pagpapahabang ito ng mga teksto sa OT mula sa isang Hudyo/Hentil na konteksto sa isang di-mananampalataya/mananampalataya na konteksto ay nagpapakilala sa NT! Ang mga nananampalatayang Hentil ay isinaman ngayon sa pangkasunduang bayan ng Diyos (cf. taga-Efeso 2:11-3:13).

▣ **"na hindi nagsipagkamit ng awa"** Ang propeta Osea ay may tatlong mga anak na kaniyang pinagkalooban ng mga propetikong pangalan

1. isang batang lalaki na nagngangalang *Jezreel*, na nangangahulugang "ginagawang mabunga ng Diyos"
2. isang batang babae na nagngangalang *Lo-Ruhamah*, na nangangahulugang "walang kahabagan"
3. isang batang lalaki na nagngangalang *Lo-Ammi*, na nangangahulugang "hindi aking bayan"

Habang ang unang bahagi ng v. 10 ay gumagamit ng ang ikatlong pangalan ng bata, ang huling bahagi ng v. 10 ay gumagamit ng ang ikalawang pangalan ng bata (cf. Osea 1:6; 2:20,23). Lubusang tinatanggap ng Diyos ang mga makasalanan dahil Siya ay may kahabagan para sa kanila.

Ang gramatikong mga anyo na matatagpuan sa v. 10 ay makakatulong sa paghahayag ng teolohikong punto. Mayroong isang inihayag na pagtutol sa bahagi ng mga Hentil, na galing sa pagkakatawan ni Satanas (i.e., GANAP NA BALINTIYAK NA PANDIWARI), ngunit ang kasunduang Diyos ay nagpasyang pumasok sa kasaysayan sa pamamagitan ng Kaniyang Mesias at nagdala ng isang bagong panahon ng pagkakataon para sa pagsasama sa kasunduan (i.e., AORIST BALINTIYAK NA PANDIWARI). Ang katotohanang ito ay tulad sa hiwaga ng plano ng Diyos, minsang itinago, ngunit ngayon ibinunyag (cf. taga-Efeso 2:11-3:13).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2:11-12

**[11]Mga minamahal, ipinamamanhik ko sa inyong tulad sa mga nangingibang bayan at nagsisipaglakbay, na kayo ay magsipagpigil sa mga masamang pita ng laman, na nakikipaglaban sa kaluluwa; [12]Na kayo ay mangagkaroon ng timtimang ugali sa gitna ng mga Hentil; upang, sa mga bagay na ipinagsasalita nila laban sa inyong tulad sa nagsisigawa ng masama, dahil sa inyong mabubuting gawa na kanilang nakikita, ay purihin nila ang Diyos sa araw ng pagdalaw.**

**2:11 "mga nangingibang bayan"** Ang terminong ito ay nagpahayag sa mga di-naninirahan na may mga limitadong karapatan na namumuhay sa isang lugar na hindi nila tahanan, tulad ni Abraham (cf. Genesis 23:4; Mga Awit 39:12; Mga Hebreo 11:13; I Pedro 2:11). Dito, iyon ay ginamit na patalinghaga para sa mga mananampalataya namumuhay sa nalugmok na sistema ng mundo.

▣ **"mga nagsisipaglakbay"** Ang terminong ito ay nagpapahiwatig isang maikling pamamalagi (cf. 1:1,17). Binabanggit niot ang katotohanan na mga mananampalataya ay mga mamamayan ng isang makalangit na kaharian, hindi ito panahon-lugar na pisikal na katotohanan lamang. Tayo ay mga nilalang ng laman at espiritu (cf. Genesis 1:26-27).

▣ **"magsipagpigil"** Ito sa literal ay "nagpapatuloy sa pagpigil mula sa" (i.e., PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG PAWATAS). Ang mga mananampalataya ay kailangang magpatuloy na makibaka laban sa kasalanan at panunukso (cf. taga-Roma 7). Ang paglalaban sa kasamaan ay hindi natitigil sa kaligtasan (cf. taga-Efeso 6:10-20). Sa maraming pagkakataon, iyon ay tumitindi. Kapag ang isa ay nananampalataya at tumanggap kay Kristo, siya ay pinananahanan ng Espiritu (cf. taga-Roma 8:9) at pinagkalooban ng pang-diyos na kalikasan (cf. II Pedro 1:4). Gayunman, ito ay hindi nangangahulugang ang lumang likas ng kasalanan ay natanggal. Iyon ay ginawang walang-bisa sa pamamagitang ng

natapos na gawain ni Kristo para sa ting kapakanan (cf. taga-Roma 6, tingnan ang Natatanging Paksa: Walang Bisa at Walang Saysay).

Ang mga rabbi ay sinasabing ang bawat puso ng tao ay isang itim at isang puting aso. Ang isa na iyong pinapakain nang pinakamarami ang magiging pinakamalaki. Ang mga mananampalataya ay hinaharap ang nagpapatuloy na pagpili sa paghahanap ng mabuti, panananahan sa katuwiran, paglalakad sa liwanag, o muling gawing aktibo ang lumang makasalanang likas! Ang mga mananampalataya ay mga mamamayan ng dalawang kaharian (nalugmok na pantaong kalikasan at ang Espiritu, cf. taga-Roma 8:5-17); dalawang panahon (i.e., kasalukuyang panahon ng kasamaan at ang panahon ng katuwiran, cf. Tito 2:11-14); kung sino ang nagsisikap ng pinakamalaking impluwensya?

▣ **"sa mga masamang pita ng laman"** Ang katawan mismo ay hindi kasamaan (Griyegong kaisipan), ngunit iyon ay ang larangan ng digmaan ng makasarili at Satanikong mga panunukso (cf. taga-Roma 6-8; taga-Galacia 5:16-24).

▣ **"na nakikipaglaban"** ito ay isang pangkasalukuyang PANGGITNANG MAY PAHIWATIG. Ang pakikilabang ito ay inilalarawan sa Santiago 4:1-4.

**2:12 "kayo'y mangagkaroon ng timtimang ugali sa gitna ng mga Hentil"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG GANAP NA PANDIWARI ginamit bilang isang PAUTOS. Ang mga di-mananampalatay ay nagmamasid! Kung paanong mamuhay ang mga mananampalataya at kumilos sa mga karaniwang pakikibaka sa buhay ay mga malakas na saksi sa lahat ng nakakakilala sa kanila. Kadalasan ating mga buhay ay nagsasalita nang mas malakas kaysa sa ating mga salita!

▣ **"ipinagsasalita nila laban sa inyong tulad sa nagsisigawa ng masama"** Ang sinaunang mga Kristiyano ay pinaparatangan ng

1. kanibalismo (dahil sa mga termino ng Hapunan ng Panginoon)
2. insesto (dahil iniibig nila ang bawat isa)
3. ateismo (dahil kanilang Diyos ay di-nakikita)
4. pagtataksil (dahil hindi sila maglilingkod sa hukdo o mangako ng katapatan kay Caesar)
5. imoralidad (maaaring ang banal na halik)

Ang paninirang-pui ng Ang Daan (cf. 24:14; Mga Gawa 28:22) ay tila lumago sa mga silanganing lalawigan na kampi sa Emperador o Emperyong Romano (Asia Minor).

▣ **"dahil sa inyong mabubuting gawa na kanilang nakikita. . .purihin ang Diyos"** Paano tayo mamumay bilang mga Kristiyano ay nagpapakilala sa Diyos na ating inaangking nakikilala at pinaglilingkuran (cf. 2:15; 3:16; Mateo 5:16; taga-Filipos 2:15; Tito 2:7-8). Ang MAY PASAKALI na panagano ay nagpapakilala ng isang maaaring mangyari. Ang kaluwalhatian ng Diyos ang ating pinakamataas na panawagan at pang-ebanghelyong kautusan (cf. 4:11,16).

▣ **"sa araw ng pagdalaw"** Ito ay tumutukoy sa anumang panahon na nagnanais lumapit ang Diyos, alinman sa pagpapala o sa kahatulan (cf. Isaias 10:3; Jeremias 8:12; 10:15; 11:23; 23:12; 46:21; 48:44; 50:27; 51:18; Osea 9:7; Mikas 7:4). Iyon ay maaaring panandalian o eskatolohiko (cf. Lucas 19:44). Ang ilan ay nakikita ito na nauugnay sa mga mananampalataya sa pag-uusig, ngunit sa konteksto, iyon ay tila tumutukoy sa anumang pagkakataon para sa di-mananampalataya na makinig at tumugon kay Hesus bilang Tagapagligtas bago nila makaharap Siya bilang Hukom.

## ISANG MAIKLING BALANGKAS SA PRAKTIKAL NA BAHAGI NG I PEDRO

A. Pagpapasakop sa pamahalaan at komunidad (2:13-17)
B. Pagpapasakop sa mga panginoon sa lupa (2:18-25)
C. Pagpapasakop sa Kristiyanong tahanan (3:1-7)
D. Pagpapasakop sa gitna ng pag-uusig (3:8-22)

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2:13-17

**[13]Kayo ay pasakop sa bawat palatuntunan ng tao alangalang sa Panginoon: maging sa hari, na kataastaasan; [14]O sa mga gobernador, na sinugo niya sa panghihiganti sa nagsisigawa ng masama at sa kapurihan ng nagsisigawa ng mabuti. [15]Sapagkat siyang kalooban ng Diyos, na dahil sa paggawa ng mabuti ay inyong mapatahimik ang kamangmangan ng mga taong palalo: [16]Na gaya nang kayo ay mga laya, at ang inyong kalayaan ay hindi ginagamit na balabal ng kasamaan, kundi gaya ng mga alipin ng Diyos. [17]Igalang ninyo ang lahat ng mga tao. Ibigin ninyo ang pagkakapatiran. Mangatakot kayo sa Diyos. Igalang ninyo ang hari.**

**2:13 "pasakop"** Ito ay isang AORIST BALINTIYAK NA PAUTOS, ngunit NASB at NKJV ay isinalin iyon bilang isang PANGGITNA (cf. 2:18). "Kayo" ay wala sa Griyegong teksto. Ipinapahiwatig nito na sila ay dapat gumawa ng isang tiyak na pagpili upang magpasakop (cf. 2:18; 3:1). Ito ay isang panghukbong terminong ginamit para sa magkakadugtong na utos. Iyon sa literal ay nangangahulugang "ayusin ang sarili sa ilalim ng awtoridad." Ito ay isang karaniwang paksa ng

Pedro (cf. 2:13,18; 3:1,5,22; 5:5). Ang pagpapasakop ay hindi nagpapahiwatig ng di-pagkapantay-pantay, para kay Hesus inilalarawan ang terminong ito. Iyon ay isang pag-uugali ng paglilingkod sa ilalim ng awtoridad. Sa taga-Efeso 5:21 iyon ay isa sa limang katangian ng buhay na napuspos ng Espiritu (ang pagpapasakop sa bawat-isa kay Kristo).

## NATATANGING PAKSA: PAGPAPASAKOP (*HUPOTASSŌ*) (SUBMISSION (*HUPOTASSŌ*))

Ang Septuagint ay gumagamit ng salitang ito ay upang isalin ang sampung magkakaibang Hebreong mga salita. Ang panimulang kahulugan nito sa OT ay "mag-utos" o "ang karapatan sa pag-uutos." Ito ay kinuha sa Septuagint (LXX).

1. Ang Diyos ay nag-uutos (cf. Levitico 10:1; Jonas 2:1; 4:6-8)
2. Si Moises ay nag-uutos (cf. Exodo 36:6; Deuteronomio 27:1)
3. Ang mga hari ay nag-uutos (cf. II Cronica 31:13)

Sa NT, ang kaunawaang ito ay nagpapatuloy sa Gawa 10:48, kung saan ang Apostol ang nag-uutos. Gayunman, ang bagong kahulugan ay yumabong sa NT.

1. Ang isang pagkusang aspeto ay pinaunlad (kadalasang PANGGITNANG TINIG)
2. Ang pagkilos ng sariling pagtatakda ay maaaring makita
   a. sa Ama (cf. 1 taga-Corinto 15:25)
   b. sa Kaniyang mga magulang sa lupa (cf. Lucas 2:51)
3. Ang mga mananampalataya ay nagpapasakop sa mga aspeto ng kultura upang ang ebanghelyo ay hindi magkaroon ng masamang epekto
   a. Ibang mga mananampalataya (cf. taga-Efeso 5:21)
   b. Mga nananampalatayang asawang babae (cf. taga-Colosas 3:18; taga-Efeso 5:22-24; Tito 2:5; I Pedro 3:1)
   c. Ang mga mananampalataya sa paganong pamahalaan (cf. taga-Roma 13:1-7; I Pedro 2:13)

Ang mga mananampalataya ay kumikilos sa layunin ng pag-ibig, para sa Diyos, para kay Kristo, para sa Kaharian, para sa kabutihan ng iba.

Tulad ng *agapaō* (pag-ibig) ang iglesiya ay pinuno ang salitang ito ng bagong kahulugan sang-ayon sa pangangailangan ng Kaharian at ang mga panganganilangan ng iba. Ang salitang ito ay kumukuha ng isang bagong karangalan ng walang pag-iimbot, hindi sang-ayon sa isang utos, ngunit sa isang bagong pakikipag-ugnayan sa isang Diyos na ibinigay ang Sarili at Kanyang Mesias. Ang mga mananampalataya ay sumusunod at nagpapasakop para sa kabutihan ng lahat at ang pagpapala sa pamilya ng Diyos.

▣ **"alangalang sa Panginoon"** Ito ang layunin sa lahat ng ating mga pagkilos (cf. 4:11; I taga-Corinto 10:31; taga-Colosas 3:17; taga-Efeso 6:5).

▣ **"sa bawat palatuntunan ng tao"** Para sa "institusyon" tingnan ang Natatanging Paksa sa Marcos 10:6. Mula sa sinusunda, ito ay isang pagpapaalala na magpasakop sa pampamahalaan o sibil na awtoridad, tulad ng taga-Roma 13:1-7 at Tito 3:1. Ang lahat ng ito ay mas mahalaga sa liwanag ng pampamahalaang pag-uusig na kinahaharap ng mga mananampalataya. Iyon ay di-tiyak kung ang pag-uusig ay pang-Hudyo, pang-pagano, lokal na pamahalaan, o buong Emperyo. Ang ating pinakamalibay na patunay sa kapangyarihan ng ebanghelyo ay sa panahon ng pag-uusig. Ang ating pag-uugali, mga salita, at mga pagkilos kapat trinato nang hindi patas ay magdudulot sa mga di-mananampalataya na mapansin.

## NATATANGING PAKSA: PAMAHALAAN NG TAO (HUMAN GOVERNMENT)

I. PANIMULA
   A. Pakahulugan – Ang pamahalaan ay sangkatauhang inayos ang kanilang sarili upang magbigay at siguraduhin ang nararamdamang mga pangangailangan (i.e., Genesis 4 at 11). Ang mga tao ay mga panlipunang nilalang (maging bago pa ang Pagbagsak (cf. Genesis 2:18). Mga pamilya, mga tribo, mga bansa ay nagbibigay sa ating ng komunidad.
   B. Layunin – Ang Diyos ay ninais ay ang kaayusan ang mas kanais nais kay sa anarkya.
      1. Ang Mosaikong kautasan, partikular ang Sampung Utos, ay kalooban ng Diyos para sa lipunan ng sangkatauhan. Ito ay nagbabalanse sa pagsamba at buhay.
      2. Walang anyo o istruktura ng pamahalaan ang itinataguyod ng Kasulatan, bagamat ang sinaunang teokrasya ng Israel ay ang inaasahang anyo sa kalangitan. Wala alinman sa demokrasya o maging kapitalismo ang biblikal na katotohana. Ang mga Kristyano ay dapat umakto ng nararapat sa kung anumang sistemang pamahalaan matatagpuan nila ang kanilang mga sarili. Ang layunin ng ebanghelyo at ministeryong Kristyano, ay hindi rebolusyon. Lahat ng mga pamahalaan ay napaparam!

C. Pinangmulan ng pamahalaan ng tao

1. Ang Romanong Katolisismo ay naninindigan na ang pamahalaan ng tao ay isang likas na pangangailangan, maging bago pa ang Pagbagsak. Si Aristotle ang marahil unang nagsiguro sa saligang ito. Sinabi niya na, "ang tao ay isang politikal na hayop" at sa pamamagitan nito ibig niyang sabihin na ang pamahalaan " ay umiiral para sa pagpapalaganap ng mabuting buhay."
2. Ang Protestantismo, lalo na si Martin Luther, ay naninidigan na ang pamahalaan ng tao ay namana sa Pagbagsak. Tinawag niya itongt "ang Kaharian ng kaliwang kamay ng Diyos." Sinabi niya na "ang paraan ng Diyos na upang makontrol ang masasamang tao ay dapat ilagay ang masasamang tao sa ilalim ng kontrol."
3. Si Karl Marx ay nanindigan na ang pamahalaan ay isang paraan na kung saan ang ilang mga elitista ay panatilihin ang masama sa ilalim ng pagkokontrol. Para sa kanya, ang pamahalaan at relihiyon ay gumaganap ng parehong tungkulin.

II. KAGAMITANG BIBLIKAL

A. Lumang Tipan

1. Ang Israel ay ang huwaran na magagamit sa langit. Sa sinaunang Israel si YHWH ay ang Hari. Ang Teokrasya ay ang salitang ginamit upang ilarawan ang direktang pamumuno ng Diyos (cf. I Samuel 8:4-9).
2. Ang kapangyarihan ng Diyos sa pamahalaan ng tao ay maaring makita ng malinaw sa Kanyang pagtatalaga
   a. lahat mga hari, Daniel 2:21; 4:17,24-25
   b. ang paghahari ng Mesias, Daniel 2:44-45
   c. Nebuchadnezzar (neo-Babilonya), Jeremias 27:6; Daniel 5:28
   d. Cyrus II (Persia), II Cronika 36:22; Ezra 1:1; Isaias 44:28; 45:1
3. Ang mga tao ng Diyos ay dapat na magpasakop at gumalang maging sa mga nananakop at nananahang pamahalaan:
   a. Daniel 1-4, Nebuchadnezzar (neo-Babilonya)
   b. Daniel 5, Belshazzar (neo-Babilonya)
   c. Daniel 6, Darius (Persia)
   d. Ezra at Nehemias (Persia)
4. Ang pinanumbalik na Judah ay dapat na manalangin para kay Cyrus at sa paghahari ng kanyang mga kaapu-apuhan
   a. Ezra 6:10; 7:23
   b. Ang mga Hudyo ay dapat na manalangin para sa awtoridad na sibil na si, Mishnah, Avot. 3:2

B. Bagong Tipan

1. Si Hesus ay nagpapakita ng paggalang sa mga pamahalaan ng tao
   a. Mateo 17:24-27; Nagbayad Siya ng buwis sa Templo (relihiyoso at sibil na mga awtoridad ay dapat na iisa, cf. I Pedro2:17)
   b. Mateo 22:15-22; Marcos 12:13-17; Lucas 20:20-26, Siya ang nagtuyog ng lugar para sa buwis ng Roma at magkagayon ay Romanong sibil na awtoridad
   c. Juan 19:11, Ang Diyos ay pumapayag sa awtoridad sibil
2. Ang mga salita ni Pablo ay may kaugnayan sa mga pamahalaan ng tao
   a. taga-Roma 13:1-5, ang mga mananampalataya ay dapat na magpasakop sa mga awtoridad sibil sapagkat sila ay itinatag ng Diyos
   b. taga-Roma 13:6-7, ang mga mananampalataya ay dapat na magbayad ng mga buwis at parangalan ang mga awtoridad sibil
   c. I Timoteo 2:1-3, mga mananampalataya ay dapat ipanalangin ang mga awtoridad sibil
   d. Tito 3:1, ang mga mananampalataya ay dapat na magpasailalim sa mga awtoridad sibil
3. Ang mga salita ni Pedro kaugnay sa sa mga pamahalaan ng tao
   a. Mga Gawa 4:1-31; 5:29, Si Pedro ay Juan sa harap ng Sanhedrin (ito ay nagpapakita ng biblikal na pamarisan para sa pagsuway sibil)
   b. I Pedro 2:13-17, ang mga mananampalataya ay dapat na magpasakop sa mga awtoridad sibil para sa ikabubuti ng lipunan at para sa ebanghelismo
4. Ang mga salita ni Juan kaugnay sa mga pamahalaan ng tao
   a. Pahayag 17, ang babaeng mababa ang lipat sa Babilonya ay tumatayo para sa makataong pamahalaan isinaayos at gumagawa ng hiwalay sa Diyos
   b. Pahayag 18, ang babaeng mababa ang lipad sa Babilonya ay sinira

III. PAGLALAGOM

A. Ang pamahalaan ng tao (sa makasalanang sanglibutan) ay itinakda ng Diyos. Hindi ito "ang banal na karapatan ng mga Hari," ngunit ang banal na tungkulin ng pamahalaan. Walang isang anyo ang itinataguyod ng higit sa iba.

B. Ito ay isang relihiyosong tungkulin para sa mga mananampalataya na tupdin at ipagdasal ang mga sibil awtoridad.

C. Nararapat para sa mga mananampalataya na sumuporta sa pamahalaan ng tao sa pamamagitan ng pagbubuwis na may kasamang nararapat na paggalang na saloobin.

D. Ang pamahalaan ng tao ay para sa layuning sibil na kaayusan. Sila ang lingkod ng Diyos para sa gawaing ito.

E. Ang pamahalaan ng tao ay hindi sukdulan. Ito ay limitado sa kanyang awtoridad. Ang mga mananampalataya ay dapat na kumilos alang-alang sa kanilang mga konsensya sa pagtatakwil sa awtoridad sibil kung ito ay lumalagpas na sa hangganan ng itinakdang banal na pagtatalaga sa kanya. Gaya ng isinasaysay ni Augustine sa *The City of God*, tayo ay mga mamayan ng dalawang kaharian, isa ang pansamantala at isa ay walang-hangang. (cf. taga-Filipos 3:20). Mayroon tayong responsibilidad sa pareho, ngunit ang kaharian ng Diyos ang sukdulan! Mayroong parehong indibidwal at sama-samang pagtuon sa ating pananagutan sa Diyos.

F. Dapat nating palakasin ang loob ng mga mananampalataya sa demokratikong sistema na aktibong makipagtulungan sa proseso ng pamahalaan at isakatuparan, kung maaari, ang mga katuruan ng Kasulatan.

G. Ang panlipunang pagbabago ay dapat na pangunahan ng indibidwal na pagbabalik-loob. Walang tunay na magtatagal na ekatolohikal na pag-asa sa pamahalaan ng tao. Lahat ng mga pamahalaan ng tao, bagamat ninais at ginamit ng Diyos, ay makasalanang ekspresyon ng makataong organisasyon na hiwalay sa Diyos. Ang konseptong ito ay ipinahayag sa pagkakagamit ni Juan ng mga salita "ang sanglibutan" (i.e., I Juan 2:15-17).

▣ **"na kataastaasan"** Ang terminong ito sa Klasikong Griyego na nangangahulugang "ang taong tagapagtatag ng isang lungsod"; gayunman, sa NT, iyon ay palaging ginagamit sa awtoridad ng Diyos (cf. Mateo 22:21; taga-Roma 13:1-7; I Timoteo 2:1-7; Tito 3:1-8), na kadalasang ipinagkakaloob sa pantaong samahon. Minamabuti ng Diyos ang kaayusan kaysa kaguluhan.

**2:14 "o sa mga gobernador, na sinugo niya"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA PANDIWARI. Ang Diyos ay may pamamahala sa lahat ng mga bagay. Ang tekstong ito ay hindi nagtuturo ng "ang pang-Diyos na karapatan ng mga Hari," ngunit pinapatibay na ang Diyos ay nagtataguyod ng kautusan at kaayusan (i.e., isang palagiang lipunan) laban sa anarkiya.

Ang PANGHALIP na "niya" ay maaaring tumutukoy sa (1) Diyos o (2) ang gobernador.

▣ **"sa panghihiganti sa nagsisigawa ng masama"** Ang pamahalaan ay mayroong awtoridad na pinagkaloob ng Diyos upang panatilihin ang kaayusan at pigilan at parusahan ang nanggugulo. Ang kaparusahang kamataya ay isang anyo ng mandatong ito (cf. taga-Roma 13:4; Mga Gawa 25:11).

**2:15 "Sapagkat siyang kalooban ng Diyos"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

## NATATANGING PAKSA: ANG KALOOBAN (*THELĒMA*) NG DIYOS (THE WILL (*THELĒMA*) OF GOD)

**EBANGHELYO NI JUAN**

- Si Hesus ay dumating upang tuparin ang kalooban ng Ama (cf. 4:34; 5:30; 6:38)
- upang buhayin sa huling panahon yaong lahat ng binigay ng Ama sa Anak (cf. 6:39)
- na lahat ay manampalataya sa Anak (cf. 6:29,40)
- mga sinagot panalangin na may kaugnayan sa pagtupan ng kalooban ng Diyos (cf. 9:31 at I Juan 5:14)

**ANG SINOPTIKONG EBANGHELYO**

- ang pagtupad ng kalooban ng Diyos ay napakahalaga (cf. Mateo 7:21)
- ang pagtupad ng kalooban ng Diyos ay ginagawang isang kapatid kay Hesus (cf. Mateo 12:50; Marcos 3:35)
- hindi kalooban ng Diyos na ang sinoman ay mapahamak (cf. Mateo 18:14; I Timoteo 2:4; II Pedro 3:9)
- Ang Kalbaryo ay kalooban ng Ama para kay Hesus (cf. Mateo 26:42; Lucas 22:42)

**MGA SULAT NI PABLO**

- ang pagiging ganap at paglilingkod ng lahat ng mananampalataya (cf. taga-Roma 12:1-2)
- ang mga mananampalataya ay naligtas mula sa masamang panahong ito (cf. taga-Galacia 1:4)
- Ang kalooban ng Diyos ay ang Kanyang planong pangkatubusan (cf. taga-Efeso 1:5,9,11)
- ang mga mananampalataya ay dumaranas at nabubuhay ng puspos ng Espiritu (cf. taga-Efeso 5:17-18)
- ang mga mananampalataya ay puspos ng karunungan ng Diyos (cf. taga-Colosas 1:9)

- ang mananampalataya ay ginawang ganap at lubos (cf. taga-Colosas 4:12)
- ang mga manamanpalataya ay pinagpapaging banal (cf. I taga-Thesalonica 4:3)
- ang mga mananampalataya ay laging nagpapasalamat sa lahat ng bagay (cf. I taga-Thesalonica 5:18)

**MGA SULAT NI PEDRO**

- ang mga mananampalataya ay gumagawa ng tama (i.e., nagpapasakop sa mga awtoridad sibil) at manapay napapatahimik ang mga hangal na tao, nagbibigay daan sa pageebanghelyo (cf. I Pedro 2:15)
- ang mga mananampalataya ay nagdurusa (cf. I Pedro 3:17; 4:19)
- ang mananampalataya ay hindi namumuhay ng makasariling pamumuhay (cf. I Pedro 4:2)

**MGA SULAT NI JUAN**

- ang mga mananampalataya ay nanatili magpakailanman (cf. I Juan 2:17)
- ang mga mananampalataya ang susi sa panalanging tinugon (cf. I Juan 5:14)

▣ **"mapatahimik"** Ito sa literal ay "busal" (cf. Marcos 1:25, 4:39).

▣ **"ang kamangmangan"** Ito ay tumutukoy sa isang tao na salat sa espirituwal na pagkakilala (cf. I taga-Corinto 15:34).

▣ **"mga taong palalo"** Ang terminong ito ay nakatala sa isang kalipunan ng mga kasalanan sa Marcos 7:22. Iyon ay naglalarawan ng mga di-naniniwalang Hudyong guro sa taga-Roma 3:20, ngunit iyon ay ginamit upang ilarawan ang mga mananampalataya sa taga-Efeso 5:17. Samakatuwid, iyon ay nagpapahiwatig isang tamad na kalagayang pangkaisipan na nakakaapekto sa kapwa ligtas at di-ligtas. Dito, iyon ay tumutukoy sa mga walang kapatirang paganong na nagpaparatang ng mga mananampalataya sa mga bagay na hindi totoo (cf. 2:12).

**2:16 "gaya nang kayo ay mga laya"** Ito ay may pahiwatig na PAUTOS (cf. NASB, TEV, NIV). Iyon ay kabaliktaran sa mga pagano na alipin ng kasalanan. Ang mga mananampalataya ay may pagpili. Pinala na sila ni Hesus mula sa kasanayan ng kasalanan (cf. taga-Roma 6), ngunit kadalasan ay ginagamit ang bagong nilang kalayaang upang muling piliin ang kasalanan.

▣ **"ang inyong kalayaan ay hindi ginagamit na balabal ng kasamaan"** Ito sa literal ay "magkaroon" (isang PANGKASALUKUYANG GANAP NA PANDIWARI) sinalungat, na ginamit bilang isang PAUTOS. Gaano kadalas ang ating kalayaan ay nagiging isang pag-aabuso ng kalayaan (cf. I taga-Corinto 8:9; taga-Galacia 5:13) sa halip na isang pag-aalay na patotoong pamumuhay (cf. taga-Roma 14:1-15:13). Ang kalayaan ay palaging nagdadala ng pananagutan ngunit mag-ingat sa legalismo o ritwalismo (cf. I taga-Corinto 8-10; taga-Colosas 2:16-23). Ang mga mananampalataya ay ngayon malaya na mula sa kasalanan upang maglingkod sa Diyos (cf. taga-Roma 6) at sa bawat isa (cf. I taga-Corinto 9:19-23).

▣ **"kundi gaya ng mga alipin ng Diyos"** Ang mga mananampalataya ay napalaya na mula sa kasalanan at ngayon ay malayang maglingkod sa Diyos (cf. taga-Roma 6:22).

**2:17 "Igalang ninyo ang lahat ng mga tao"** Ito ay isang AORIST GANAP NA PAUTOS, ang una sa apat sa ganap na buod ng mga kautusang sa v. 17. Ito ay nangangahulugang makilala ang halaga ng lahat ng mga tao sa paningin sa Diyos (cf. Genesis 1:26-27; Juan 3:16) at ipamuha upang maakit sila sa pananampalataya kay Kristo (cf. Mateo 28:18-20; Lucas 24:47; Mga Gawa 1:8).

▣ **"ibigin ninyo ang pagkakapatiran"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG GANAP NA PAUTOS. Ang mga Kristiyano ay kailangang magpatuloy sa pag-ibig sa bawat-isa (cf. 1:22; Juan 13:34, 15:12,17; taga-Roma 12:10; I taga-Thesalonica 4:9; Mga Hebreo 13:1; I Juan 2:7-8, 3:11, 23; 4:1,11; II Juan 5). Ang pag-ibig ang tunay na katibayan na nakikilala natin ang Diyos, na pinagkatiwalaan natin si Kristo, at na ginagabayan tayo ng Espiritu. Iyon ay <u>ang</u> pampamilyang katangian ng Diyos. Ang mga mananampalataya ay dapat mahalin ang lahat ng mga tao para sa kapakanan ng ebanghelyo at pag-ibig sa iba pang mga Kristiyano dahil sila ay bahagi ng pamilya ng Diyos.

▣ **"matakot sa Diyos"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG (deponent) PAUTOS (cf. Job 28:28; Mga Awit 111:10; Kawikaan 1:7;15:33). Nakuha natin ang Ingles na salitang "phobia" mula sa Griyegong salitang ito. Iyon ay ginamit sa kaunawaan ng pagkamangha at paggalang. Ang lahat ng mga pagkilos ng mga mananampalataya ay kailangang manggaling sa kanilang pakikipag-ugnayan sa at paggalang para sa Diyos!

▣ **"igalang ang hari"** Ang huling dalawang PANGKASALUKUYANG MGA PAUTOS ay maaaring isang pagkabanggit sa Kawikaan 24:21. Tandaang noong panahon ni Pedro ang Emperador ay si Nero (cf. 2:13)!

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2:18-25

**[18]Mga alila, kayo ay magsisuko na may buong takot sa inyong mga panginoon; hindi lamang sa mabubuti at mahihinahon, kundi naman sa mababagsik. [19]Sapagkat ito ay kalugodlugod, kung dahil sa budhing ukol sa Diyos ay magtiis ang sinoman ng mga kalumbayan, na magbata ng di matuwid. [20]Sapagkat anong kapurihan nga, kung kayo ay nangagkakasala, at kayo ay tinatampal ay inyong tanggapin na may pagtitiis? ngunit kung kayo ay gumagawa ng mabuti, at kayo ay nagbabata, ay inyong tanggapin na may pagtitiis, ito ay kalugodlugod sa Diyos. [21]Sapagkat sa ganitong bagay kayo ay tinawag: sapagkat si Kristo man ay nagbata dahil sa inyo, na kayo ay iniwanan ng halimbawa, upang kayo ay mangagsisunod sa mga hakbang niya: [22]Na siya ay hindi nagkasala, o kinasumpungan man ng daya ang kaniyang bibig: [23]Na, nang siya ay alipustain, ay hindi gumanti ng pagalipusta; nang siya ay magbata, ay hindi nagbala; kundi ipinagkatiwala ang kaniyang sarili doon sa humahatol ng matuwid: [24]Na siya rin ang nagdala ng ating mga kasalanan sa kaniyang katawan sa ibabaw ng krus, upang pagkamatay natin sa mga kasalanan, ay mangabuhay tayo sa katuwiran; na dahil sa kaniyang mga sugat ay nangagsigaling kayo. [25]Sapagkat kayo ay gaya ng mga tupang nangaliligaw; datapuwat ngayon ay nangabalik kayo sa Pastor at Obispo ng inyong mga kaluluwa.**

**2:18 "Mga alila, kayo ay magsisuko sa inyong mga panginoon"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG PANDIWARI na ginamit bilang isang PAUTOS (tingnan ang tala sa Natatanging Paksa sa 2:13). Ang mga aliping nananampalataya ay ginagalang ang kanilang mga panginoon sa lupa dahila kanilang iginagalang ang Diyos! Ito ay tumutukoy kahin na sa kanilang di-mananampalatayang panginoong di-matapat at marahas o mga Kristiyanong panginoon ng mga alipin na kumikilos nang di-nararapat. Sa ating panahon, isang paglalapat ng pagpapaalalang ito ay mauugnya sa mga Kristiyanong amo at mga Kristiyanong kawani. Ito ay katulad sa mga katuruan ni Pablo sa taga-Efeso 6:5-9. Pansinin ang #3 sa ang Natatanging Paksa ba ibaba.

Ito ay isang mabuting lugar upang talakayin ang pangkulturang aspeto ng biblikal na pagpapaliwanag. Kung ang ebanghelyo ay hinamanon (1) ang unang siglong kultura ng Griyego-Romanong patriyarka o (2) pang-aaliping kultura nito, iyon ay maaaring tinanggihan at winasak ng unang siglong lipunan. Sa pangangaral ang ebanghelyo kapwa ang mga harang na ito ay bumagsak sa panahon! Ang Bibliya ay kailangang palaging ipaliwanag sa pangkasaysayan nitong kalagayan at kung gayon ang kinasihang mga katotohanan ay inaangkop sa ating panahon at kultura na may katulad na kapangyarihan at pagtama. Iyon ay hindi nangangahulugan na sinusubukan nating muling ulitin ang unang siglong kultura bilang kalooban ng Diyos para sa bawat lipunan sa bawat panahon. Ang layunin ay ang pangangaral ng walang-hangang katotohanan ng ebanghelyo na nagbabago ng mga tao at sa wakas, ang lipunan mismo.

## NATATANGING PAKSA: MGA PAGPAPAALALA NI PABLO SA MGA ALIPIN (PAUL'S ADMONITION TO SLAVES)

1. Makuntento, ngunit kung magkaroon ng pagkakataong lumaya, kunin ito (I taga-Corinto 7:21-24)
2. Kay Kristo, walang alipin o malaya (taga-Galacia 3:28; taga-Colosas 3:11; cf. I taga-Corinto 12:13)
3. Magtrabaho para sa Panginoon; Siya ay magbabayad (taga-Efeso 6:5-9; taga-Colosas 3:22-25; cf. I Pedro 2:18-20)
4. Kay Kristo ang mga alipin ay nagiging kapatid (I Timoteo 6:2; Filemon vv. 16-17)
5. Ang banal na mga alipin ay ikinilulugod ng Diyos (I Timoteo 6:1; Tito 2:9)

**Pagpapaalala ni Pablo sa mga may-ari ng alipin:**

Ang mga Kristiyanong alipin at may-ari ng mga alipin ay may parehong Panginoon; samakatuwid, dapat nilang ituring ang isa't-isa ng may paggalang (taga-Efeso 6:9; taga-Colosas 4:1).

Ang pang-aalipin ay isa sa mga pangkulturang bagay (tulad ng kulturang Patriyarka) na isang haligi ng unang siglong mundo. Ang NT ay hindi hinahamon ang anumang aspeto. Gayunman, ang mga katotohanan ng ebanghelyo, sa panahon, ay nakakaapekto sa pagbabago sa mga aspetong ito ng kultura.

**2:19**
**NASB "Sapagkat ito ay kalugodlugod"**
**NKJV "Dahil ito ay kapuri-puri"**
**NRSV "Dahil ito ay karangan sa inyo"**
**TEV "Pagpapalain kayo ng Diyos dahil dito"**
**NJB "Nakita mo, may pakinabang"**

Ito ay tumutukoy sa pangsang-ayon ng Diyos sa pagpapasakop kahit na sa gitna ng pag-uusig, kapag ang pagdurusang ito ay kaugnay sa ating mga Kristiyanong panindigan at pagtitiwala kay Kristo (cf. 3:14,17; 4:13-14,16). Ang "lugod" ay ang Griyegong terminong *charis* (biyaya) na ginamit sa di-teolohikong kaunawaan nito.

▣ **"kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na ipinagpapalagay na tunay na mula sa pananaw ng may-akda o para sa kaniyang pampanitikang mga layunin. Ang mga Kristiyanong alipin ay pagdurusa sa

ilalim ng mga malulupit na panginoon alang-alang kay Kristo.

▣ **"budhi"** Tingnan ang tala sa I Pedro 3:16.

**2:20 "Sapagkat anong kapurihan nga"** Ito ay isang termino para sa karangalan na kaugnay sa reputasyon ng tao. (cf. Lucas 6:32-34). Iyon ay mula sa Griyegong PANDIWA na *kaleō*, na nangangahulugang tawagin. Samakatuwid, iyon ay tumutukoy sa pawagan ng kapurihan, karangalan, o kaluwalhatian sa isang tao.

▣ **"kung"** Mayroong dalawang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY MGA PASUBALI sa talatang ito, na ipinagpapalagay na tunay. Ang unang PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI ay ginamit sa isang pasalungat na kaunawaan at ang ikalawang sa isang paayong kaunawaan. Ang Diyos ay nalulugod kapang ang mga mananampalataya ay nagdurusa nang di-makatuwiran, ngunit may pagtitiis, dahil sa pagiging mga mananampalataya (cf. 1:29; 3:24,27; 4:12-16; Mateo 5:10-16).

**2:21 "Sapagkat sa ganitong bagay kayo ay tinawag"** Ito ay isang AORIST BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG. Sa konteksto, ang pariralang ito ay nangangahulugang ang mga mananampalataya ay tinatawag na upang tularan ang buhay ni Hesus, na nagdadala ng kaluwalhatian sa Diyos at kaligtasan sa sangkatauhan. Ito ay isang panawagan sa kababaang-loob para sa kapakanan ng lahat ng mga mananampalataya na magdudulot ng espirituwal na paglago at isang makapangyarihang ebanghelyong patotoo.

Na ang mga mananampalataya ay tinatawag ng Diyos sa pagdurusa ay isang nakakagulat na pahayag, lalo na sa isang kanluraning kultura na nag-iisip ng Kristiyanismo sa mga termino ng (1) "anong nandito para sa akin" o (2) isang kalusugan, kayamanan, at kasaganahang ebanghelyo. Ang pag-uusig ng mga mananampalataya ay isang tunay na posibilidad sa isang nalugmok na mundo (cf. Mga Gawa 14:22; taga-Roma 5:3-4; 8:17; taga-Filipos 1:29; I taga-Thesalonica 3:3-4; II Timoteo 3:12; Santiago 1:2-4; I Pedro 3:14; 4:12-19).

▣ **"si Kristo man ay nagbata"** Ang pagdurusa ng Mesias ay kagulat-gulat sa mga Hudyo na inaasahan ang isang mananakop na panghukbong Mesias. Mayroong tiyak na mga pahiwatig sa OT (cf. Genesis 3:15; Mga Awit 22; Isaias 53). Ipinakita mismo ni Hesus sa (1) Kaniyang mga Apostol (cf. 16:21; 17:12,22-23; 20:18-19) at (2) ang sinaunang iglesiya ang mga ganitong propetikong talata (cf. Lucas 24:25-27).

Ang Kaniyang pagdurusa at kamatayan ay isang mahalagang bahagi ng apostolikong pangangaral ng sinaunang iglesiya sa Mga Gawa na tinatawag na *Kerygma* (cf. Mga Gawa 2:23; 3:13-14,18; 17:3; 26:23). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:11.

Mayroong maraming susing teolohiko katotohanan ang kaugnay sa Kaniyang pagdurusa.
1. si Kristo ang ating halimbawa (v. 21)
2. si Kristo ang nagdala ng ating mga kasalanan sa krus (v. 24)
3. ang gawain ni Krisot ay nagdulot sa atin na mamatay sa kasalanan at mabuhay para sa Diyos (v. 24)
4. si Kristo ang Pastol at Tagapag-alaga ng ating mga kaluluwa (v. 25)

Ang terminong "nagdurusa" (*epathen*) ay matatagpuan sa MSS $P^{72}$, A, B, at C, ngunit sa iba pang sinaunang MSS, $P^{81}$, א ay may "namatay" (*apethanen*). Ang $UBS^4$ ay nagkakaloob ang unang pagbasa ng isang "A" na antas (may katiyakan), ipinagpapalagay na ang "namatay" ay maaaring nabaliktad ng mga tagasipi mula sa 3:18.

▣ **"isang halimbawa"** Ang NT ay nagkakaloob tatlong dahilan kung bakit dumating si Kristo:
1. upang maging panghaliling katubusan alang-alang sa iba. Siya, ang walang kasalanan, walang karumihang (cf. 2:22) Kordero ng Diyos (cf. Juan 1:29), na inalay ang Kaniyang sarili para sa ating kapakanan (cf. 2:24).
2. upang maging lubusang kapahayagan ng Ama (cf. Juan 1:1-14; 14:8-9).
3. upang maging isang halimbawa para sa tularan ng mga mananampalataya (cf. 2:21). Siya ay ang ulirang Israelita, ang ganap na tao, kung ano dapat ang kahahantungan ng sangkatauhan, ay maaari, at isang araw, ay magaganap.

**2:22 "na siya ay hindi nagkasala"** Ito ay isang sipi mula sa Isaias 53:9. Ang konseptong ito ay inihahayag din sa sa Juan 8:46, 14:30; Lucas 23:41; II taga-Corinto 5:21; Mga Hebreo 4:15, 7:26-27; I Pedro 1:19; 2:22; 3:18, I Juan 3:5. Siya ay maaaring mamatay para sa ating kapakanan dahil hindi Siya namatay para sa Kaniyang sariling kasalanan!

▣ **"o kinasumpungan man ng daya ang kaniyang bibig"** Si Hesus ang ulirang Israelita (cf. Isaias 53:9 at Zephanias 3:13).

**2:23 "nang siya ay alipustain, ay hindi gumanti ng pagalipusta"** Mayroong isang kalipunan ng tatlong DI-GANAP NA GANAP NA MGA NAGPAPAHIWATIG, na nangangahulugang inuulit na pagkilos sa nakalipas na panahon. Ang una ay isang pagkabanggit sa Isaias 53:7. Tinupan ni Hesus ang propesiyang ito sa Kaniyang mga pag-uusig sa harapan ni Caiaphas, Annas, ang Punong Saserdote, Pilato, at Herodes.

▣ **"nang siya ay magbata, ay hindi nagbala"** Siya ay nagsalita, ngunit sa kapatawaran ng lahat sa kanilang kasama sa Kaniyang kamatayan (cf. Lucas 23:34).

▣ **"kundi ipinagkatiwala ang kaniyang sarili doon sa humahatol ng matuwid"** Ang pagkakatiwalang ito ay ang karaniwang pag-uugali sa buhay ni Hesus. Ito ay makapangyarihang ipinapakita sa Lucas 22:42 at 23:46.

**2:24 "siya rin ang nagdala ng ating mga kasalanan"** Ito ay maliwanag na nagmula a sa Isaias 53:4,11,12. Ang terminong "dinala" ay ginamit ng isang pag-aalay sa Levitico 14:20 at Santiago 2:21. Ito ang diwa ng katubusang panghalili na alang-alang sa iba (cf. Marcos 10:45; taga-Roma 5:6,8,10; II taga-Corinto 5:21).

▣ **"sa kaniyang katawan sa ibabaw ng krus"** Bagamat walang tiyak na Nostikong sangkap na kaugnay sa I Pedro (isang sinaunang Kristiyano/Griyegong pilosopiya na nagpapahayag na si Hesus ay hindi tunay na tao, cf. taga-Colosas; I Timoteo; I Juan). Ang tekstong ito ay isa pang makapangyarihang pagpapatibay ng tunay na pagkatao at pisikal na kamatayan ni Hesus ng Nazareth (cf. taga-Colosas 1:22).

Ang pariralang "sa ibabaw ng krus" ay mayroong kaugnayan sa Deuteronomyo 21:23, kung saan ang sinuman na natusok sa isang tulos (i.e., puno) sa halip na wastong naburol ay sinumpa ng Diyos. Sa panahon ni Hesus, ang mga rabbi ay ipinaliwanag ito na ibinibilang ang Romanong pagpapapako sa krus. Si Hesus ay pinaparatangan ng pamumusong , ayon sa ang Kautusan ni Moises, na kilakailangang batuhin. Bakit kung gayon ay ninanais Siyang mapako sa krus ng mga Hudyong pinuno, na kinakailangan ang pagsang-ayon ng Romano at karumihang pag-seremonya para sa kanila bago ang Paskwa? Ang ilang ay sinabing ginawa nila ito dahil ang mga Hudyo ay walang awtoridad sa ilalim ng Romanong kautusan na ilagay ang isang tao sa kamatayan, ngunit ano ang tungkol kay Steban sa Mga Gawa 7?

Sa aking palagay, ninanais nilang ipako sa krus si Hesus upang ipahiwatig na ang nagpapanggap na mesias na ito ay sinumpa ng Diyos! Ngunit ito ang tiyak na nangyari. Si Hesus ang naging sumpa para sa atin (cf. taga-Galacia 3:13). Ang OT mismo ang naging isang sumpa (cf. taga-Colosas 2:14). Ipinapahayag nito na ang kaluluwa na nagkasala ay kailangang mamatay (cf. II Mga Hari 14:6; Ezekiel 18:4,20). Ngunit ang lahat ng mga tao ay nagkasala (cf. taga-Roma 3:9-18,23; taga-Galacia 3:22). Samakatuwid, ang lahat ay marapat na mamatay sa ilalim ng kaparusahang kamatayan nito. Si Hesus ang walang kasalanang Kordero ng Diyos (Juan 1:29) na dinala ang kasalanan ng buong nalugmok na mundo (cf. taga-Roma 5:12-21)

▣ **"upang pagkamatay natin sa mga kasalanan, ay mangabuhay tayo sa katuwiran"** Ito ay isang layuning (*hina*) sugnay. Ito ang layunin ng Kristiyanismo (cf. taga-Roma 6:20; taga-Galacia 2:20). Iyon ay ang pagpapanumbalik ng larawan ng Diyos sa mga tao na ipinapanumbalik ang pakikisama sa Diyos.

▣ **"na dahil sa kaniyang mga sugat ay nangagsigaling kayo"** Ito ay isang AORIST BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG. Sa Isaias 53:4-6 nagpapahayag ito ng ating espirituwal na kagalingan, hindi pisikal na kagalingan. Hindi ko itinatanggi ang pisikal na kagalingan bilang isang nagpapatuloy na pagkilos ng isang mapagbiyayang Diyos, ngunit aking itinatanggin na iyon ay isang ipinangakong aspeto ng katubusan kay Kristo. Sa OT, ang kasalanan ay ipihapahayag bilang pisikal na karamdaman (cf. Isaias 1:5-6; Mga Awit 103:3). Ito ay isang talinghaga para sa kapatawaran ng kasalanan, hindi isang pangako na kung ang mga mananampalataya ay may sapat na pananampalataya, ang Diyos ay pagagalingin ang bawat pisikal na suliranin ng bawat mananampalataya.

Para sa isang mabuting pagtalakay ng Isaias 53:4 at paggamit nito sa Mateo 8:17, si F. F. Bruce, *Answers to Questions*, pp. 44-45, ay napakalaking tulong.

**2:25 "sapagkat kayo ay nangaliligaw"** Ito ay isang pagkabanggit sa Isaias 53:6. Iyon ay isang DI-GANAP NA BALINTIYAK NA PAIKOT-IKOT, na ay tumutukoy sa inuulit na pagkilos sa nakalipas na panahon o ang pasimula ng isang pagkilos. Ito ba ay tumutukoy sa

1. mga Hudyo sa OT (cf. taga-Roma 3:9-18, na isang kalipunan mga sipi sa OT)
2. lahat ng sangkatauhan
3. mga Hentil na mananampalataya na namatay sa pag-uusig (i.e., maaaring pagtanggi kay Hesus sa paglilitis)
4. mga mananampalataya, mga Hudyo at mga Hentil, na nagagapi sa pang-araw-araw na laban ng likas ng kasalanan

▣ **"datapuwa't ngayon ay nangabalik kayo"** Ito ay isang AORIST BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG na nagpapahiwatig ng isang tiyak na pagbabalik ng kinatawan ng Diyos, si Kristo, o ang Espiritu (cf. TEV "ikaw ay ibinalik muli"). Karamihan ng mga saling Ingles ay isinasalin iyon bilang isang PANGGITNA (cf. NASB, NRSV, NJB, NIV). Sa OT, "pag-ikot" o "pagbalik" (*shub*) ay kadalasang ginamit para sa bayan ng Diyos na nagsisisi at bumabalik sa Kaniya.

▣ **"Pastor"** Ang titulong ito ay ginamit sa Diyos (cf. Mga Awit 23:1, Ezekiel 34) at dito kay Hesus gaya sa Juan 10:1-18 at Mga Hebreo 13:20. Iyon ay nangangahulugang mabait, maalahanin, nagpapatuloy na pagkalinga. Ang titulong ito ay nagpapakilala sa pagtalakay ni Pedro kay Hesus sa Juan 21 (cf. 5:1-3).

▣
**NASB, NRSV,**
**NJB "Obispo"**
**NKJV "Tagapamahala"**
**TEV "Tagapag-ingat"**

Dito, ang terminong *episkopos* ay ginamit kay Hesus, ngunit kadalasang iyon ay tumutukoy sa mga pinuno ng lokal na iglesiya. Ang termino ay isinalin bilang "obispo" o "tagapamahala" at ay may isang Griyegong lungsod/estado na kaligiran, habang ang kasingkahulugang termino na "matanda" (*presbuteros*) ay may isang Hebreong pangtribong kaligiran. Ang mga terminong ito ay kadalasang ginamit nang magkasingkahulugan upang tumukoy sa tungkuling sa NT ng pastor (cf. Mga Gawa 20:17,28; Tito 1:5,7).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ang lahat ba ng Kristiyano ay nagsimulang mga sanggol na Kristiyano? Bakit?
2. Bakit gumamit si Pedro ng mapakaraming mga titulo sa OT upang ilarawang ang mga mananampalataya sa NT?
3. Ano ang kahalagahan sa pagtawag sa mananampalataya na "mga bato?"
4. Bakit napakahalaga ang ating pamumuhay?
5. Bakit dapat nating sundin bilang mga Kristiyano ang pamunuan ng pamahalaan?
6. Bakit hindi hinadlangan ng Kristiyanismo ang pagkaalipin?
7. Ano ang payo ni Pedro sa kanilang nasa hindi matapat na pagkakataon?
8. Ano ang kahalagahan ngkamatayan ni Kristo?

# I PEDRO 3

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Mga Asawang Babae at Mga Asawang Lalaki | Pagpapasakop sa Mga Asawang Lalaki | Ang Mga Pananagutan ng mga Kristiyano (2:11-4:11) | Mga Asawang Babae at Mga Asawang Lalaki | Ang Mga Pananagutan ng mga Kristiyano: sa Kasal |
| 3:1-6 | 3:1-6 | 3:1-6 | 3:1-6 | 3:1-6 |
| | Salita sa Asawang Lalaki | | | |
| 3:7 | 3:7 | 3:7 | 3:7 | 3:7 |
| Pagdurusa para sa Kapakanan ng Katuwiran | Pagtawag sa Pagpapala | | Pagdurusa sa Paggawa nang Mabuti | Ang Mga Pananagutan ng mga Kristiyano: Pag-ibig sa Mga Kapatid |
| 3:8-12 | 3:8-12 | 3:8-12 | 3:8-12 | 3:8-12 |
| | Pagdurusa para sa Tama at Mali | | | Mga Pananagutan ng mga Kristiyano: sa Pag-uusig |
| 3:13-22 | 3:13-17 | 3:13-22 | 3:13-22 | 3:13-17 |
| | Pagdurusa ni Kristo at sa Atin | | | Ang Muling-Pagkabuhay at Pagbaba sa Impiyerno |
| | 3:18-4:6 | | | 3:18-22 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito ay isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng pagpapaliwanag. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata
2. Pangalawang talata
3. Pangatlong talata
4. Atbp.

### PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 3:1-6**

**[1]Gayon din naman, kayong mga asawang babae, pasakop kayo sa inyong sarisariling asawa; upang, kung ang ilan ay hindi tumalima sa salita, ay mangahikayat ng walang salita sa pamamagitan ng ugali ng kanikaniyang asawang babae; [2]Sa pagkamasid nila ng inyong ugaling mahinhin na may takot. [3]Na huwag sa labas ang kanilang paggayak na gaya ng pagpapahiyas ng buhok, at pagsusuot ng mga hiyas na ginto, o pagbibihis ng maringal na damit; [4]Kundi ang pagkataong natatago sa puso na may damit na walang kasiraan ng espiritung maamo at payapa, na may malaking halaga sa paningin ng Diyos. [5]Sapagkat nang unang panahon, ay ganito naman nagsigayak ang mga babaing banal na nagsiasa sa Diyos, na pasakop sa kanikaniyang asawa; [6]Na gaya ni Sara na tumalima kay Abraham, na kaniyang tinawag na panginoon: na kayo ang mga anak niya**

**ngayon, kung nagsisigawa kayo ng mabuti, at di kayo nangatatakot sa anomang kasindakan.**

**3:1 "Gayon din naman"** Ito ay nagtuturo pabalik sa kaniyang pagpapaalala sa mga Kristiyanong mamamayan (cf. 2:13) at mga Kristiyanong alpin (cf. 2:18).

▣ **"kayong mga asawang babae, pasakop kayo"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG PANDIWARI tulad ng 2:18. Ito ay isang panghukbong termino na nangangahulugang "ayusin ang sarili sa ilalim ng awtoridad" (cf. taga-Efeso 5:21-33; taga-Colosas 3:18-19; Tito 2:4-5). Ang buong kabanatang ito ay kaugnay sa pagtalakay ni Pdero sa "pagpapasakop" ng mga mananampalataya sa pamahalaan (2:13-17) at mga mananampalatayang alipin sa kanilang mga panginoon (2:18-20). Ang pagpapasakop ay hindi isang negatibong termino; iyon ay naglalarawan kay Hesus mismo. Siya ay nagpasakop sa Kaniyang mga magulang sa mundo. Siya ay nagpasakop sa Kaniyang Ama sa langit.

▣ **"upang"** Ito ay isang layuning (*hina*) sugnay, na nagsasaad ng teolohikong layunin para sa pagpapasakop ng isang asawang babae. Iyon ay palaging para sa pag-eebanghelyo! Ang mga mananampalataya ay maging huwaran araw-araw ang Kaharian ng Diyos (cf. ang Pangangaral sa Bundok, Mateo 5-7).

▣ **"kung"** Ito ay isang UNANG URING MAY PASUBALI na ipinagpapalagay na tunay na mula sa ang pananaw ng may-akda o para sa kaniyang pampanitikang mga layunin. Ang kontekstong ito ay tinatalakay ang mga di-mananampalatayang asawang lalaki. Noong unang siglo, maraming magkakahalong pamilya ay malaganap dahil isa sa mga makasam ay naging isang mananampalataya. Ito ay hindi isang biblikal na patunay-na-teksto para sa pag-aasawa sa isang di-mananampalataya!

▣ **"ang ilan ay hindi tumalima sa salita"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG GANAP NA MAY PAHIWATIG, na nagpapahiwatig ng nagpapatuloy na pagkilos. Habang ang biblikal na pananampalataya ay isang nagpapatuloy na karanasan, kaya gayundin, ang kawalang pananampalataya!

▣ **"sa salita"** Sa I Pedro "ang salita" (i.e., *logos*) ay isang talinghaga para sa pang-Apostol na pangangaral ng ebanghelyo. Ang mga mananampalataya ay muling ipinanganak ng salita (cf. 1:23). Sila ay dapat magnais ng espirituwal o dalisay na gatas ng salita (i.e., *logikos*, cf. 2:2).

▣ **"mangahikayat"** Ito ay isang PANGHINANARAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG. Ang terminong ito ay nangangahulugang "kumito." Iyon ay ginamit sa kaligtasan sa I taga-Corinto 9:19-22. Ang likas na layunin ng isang nananampalatayang asawang babae ay ang kaligtasan ng kaniyang pamilya. Ito ay dapat na layunin ng lahat ng mga mananampalataya.

▣ **"ng walang salita"** Ang kaniyang buhay ng pananampalataya ay magsasalita nang mas malakas at mas malinaw kaysa sa mga salita! Gayunman, sa ilang pagkakataon, ang mga salita ay kinakailangan upang ipahayag ang ebanghelyo mensahe!

▣ **"sa pamamagitan ng ugali"** Ang ating pamumuhay ay kadalasang sumisigaw nang mas malakas kaysa sa ating mga salita.

**3:2 "pagkamasid"** Ang terminong ito ay ginamit ng mga saksi. Ginamit iyon ni Perdo nang tatlong beses sa kaniyang mga sulat (cf. I Pedro 2:12; 3:2; II Pedro 1:16). Ang pamumuhay ng mga mananampalataya ay makikita. Bagamat iyon ay isang klisye, iyon ay tunay ang pamumuhay ng mga mananampalataya ay ang tanging Bibliya na mababasa ng ilang tao. Ang pamumuhay ng mga mananampalataya ay ang tanging Hesus ilang na makikilala ng ilang tao. Anong isang kamangha-manghang pananagutan.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"inyong ugaling mahinhin na may takot"** |
| **NKJV** | **"ang iyong kahinhinan ay sinasamahan ng takot"** |
| **NRSV** | **"ang kadalisayan at paggalang sa inyong mga buhay"** |
| **TEV** | **"dalisay at magalang inyong pag-uugali"** |
| **NJB** | **"ang paggalang at kalinisan sa paraan ng pamumuhay"** |

Si Pedro ay may ginamit na terminong "takot," na nauunawaan bilang paggalang nang mas maaga, sa 1:17 at 2:18 (cf. Mga Gawa 9:3; 10:2; taga-Roma 3:18; 13:7; taga-Efeso 5:33; Pahayag 11:18). Ang mga mananampalataya ay nabubuhay ng walang pag-iimbot, maka-Diyos na, katanggap-tanggap sa kultura na mga pamumuhay para sa ang layunin ng pagsasaksi at ebanghelyo ng kaharian.

Ang terminong "mahinhin" (*agnos*) ay isinalin sa maraming paraan (dalisay, mahinhin, mababang-loob, walang-sala, walang kasalanan). Iyon ay ginamit sa kababaihan ng II taga-Corinto 11:2; Tito 2:5; at dito.

**3:3 "huwag sa labas ang kanilang paggayak"** Ito ay isang pagbibigay-diin sa panloob na mga katangian ng isang mananampalataya, hindi isang pagbabawal laban sa lahat ng pangkulturang paggagayak. Ang panlabas na pangkulturang paggagayak ay naging isang suliranin kung iyon ay nagiging pangwakas at pagkamataas at nagpapakilala ng isang masamang puso (cf. Isaias 3:18-24). Paano ang isa ay nagdadamit ay isang bintana sa puso (cf. v. 4).

Ang terminong "paggagayak" ay isang natatanging paggamit ng terminong, *kosmos* (ang PANDIWA na anyo sa v. 5). Ang paggamit na ito ay kung saan ating nakuha ang Ingles na salitang "kosmetiko."

▣ **"gaya ng pagpapahiyas ng buhok, at pagsusuot ng mga hiyas na ginto, o pagbibihis ng maringal na damit"** Ang lahat ng ito ay tumutukoy sa mamahalin at madetalyeng moda ng buhok at pananamit ng kababaihan ng unang siglong Greco-Romano. Ang mga mananampalataya ay kailangang hindi magnais o gayahin ang pitang ito para sa panlipunang pagtanggap at panlipunang ayos batay sa panlabas na mga palamuti. Hindi ito nagpapahiwatig na tayo ay magsusuot ng basahan, ngunit ang mga mananampalataya ay dapat magdamit sa mga paraan na katanggap-tanggap sa lipunan sa kanilang tiyak na kultura at panahon, ngunit hindi nagdadala ng labis-labis na pansin sa kanilang mga sarili.

**3:4 "pagkataong natatago sa puso"** Ito ay tumutukoy sa ang bagong tao pagkatapos ng kaligtasan. Ang Bagong kasunduan ay pagkakaloob ng isang bagong puso at espiritu (cf. Ezekiel 36:22-38). Para sa "puso" tingnan ang Natatanging Paksa sa Marcos 2:6.

▣ **"na walang kasiraan"** Ginamit ni Pedro ang terminong ito ng (1) di-mawawalang mamanahin sa Diyos, na Siya ang nagbabantay para sa mga mananampalataya sa langit (i.e., 1:4) at (2) ng mga mananampalataya muling ipinanganak ng di-masisirang binhi (i.e., 1:23).

Ginagamit ni Pedro ang katulad na terminong ito ng ating bagong muling pagkabuhay na mga katawan sa I taga-Corinto 15. at ang di-masisirang putong ng mga mananampalataya sa I taga-Corinto 9:25.

▣ **"espiritung maamo at payapa"** Ang unang terminong *praus* (maamo, marahan) ay inilalarawan si Hesus sa Mateo 11:29 at 21:5 at inilalarawan nito ang mga mananampalataya sa *beatitudes* (cf. Mateo 5:5). Iyon din ay ginamit sa 3:15 upang ilarawang ang patotoo ng isang mananampalataya.

Ang ikalawang termino, *hēsuchios o hēsuchia*, ay ginamit nang maraming beses sa mga sulat ni Pablo upang ilarawan ang mga mananampalataya bilang tahimik, palanag, mapayapa, o maginhawa (cf. I taga-Thesalonica 4:11; II taga-Thesalonica 3:12; I Timoteo 2:2,11,12).

Mayroong isang ipinapahiwatig na pagkakaiba sa pagitan ng nagbabagong mga pamamaraan ng mundo (cf. v. 3) at ang palagiang katangian ng isang tinubos na buhay (cf. v. 4).

**3:5 "na pasakop"** Ito ay ang pangkalahatang paksa ng buong kontekstong ito (mga mananampalataya ay papasakop sa sibil na awtoridad, 2:13-17; ang mga mananampalatayang alipin ay nagpapasakop sa mga panginoon, 2:18-20; si Kristo ay nagpapasakop sa plano ng Ama, 2:21-25; ang mga mananampalatayang asawang babae ay nagpapasakop sa mga asawang lalaki, 3:1-6). Iyon ay isang makikitang muling pag-aangkop mula sa pagkalugmok ng Genesis 3. Ang mga mananampalataya ay hindi mabubuhay para sa kanilang mga sarili, ngunit para sa Diyos.

**3:6 "Sara. . . kaniyang tinawag na panginoon"** Ito ay isang OT halimbawa (i.e., Genesis 18:12) ng isang maka-Diyos na pagpapasakop ng babae.

▣ **"kayo ang mga anak niya ngayon"** Ang mga banal ng Lumang Tipan ay kadalasang ginagamit upang himukin ang mga mananampalataya (cf. Mga Hebreo 11). Sila ay gayundin ang ginamit sa show na mga mananampalataya ay lubusang tinanggap by Diyos by pananampalataya sa Kristo (cf. taga-Roma 2:28-29; 4:11; taga-Galacia 3:7,9). We ay ng ang pananampalataya pamilya ng Abraham at Sarah. We ay ang bagong people ng Diyos. Ang bagong Israel ng pananampalataya (cf. taga-Galacia 6:16; I Pedro 2:5,9).

▣ **"kung nagsisigawa kayo ng mabuti"** Tingnan ang tala sa 2:14. Ang may pasubaling sangkap na ("kung") na inihayag sa Ingles na salin (NASB, NKJV, TEV) ay hindi sa aGriyegong teksto, ngunit ipinahiwatig. Ang buhay ng pananampalataya ay may makikitang mga katangian.

▣ **"di kayo nangatatakot sa anomang kasindakan"** Ito ay isa pang pangkatangiang ng buhay ng pananampalataya (cf. 3:6,14). Ito ay maaaring isang pagkabanggit sa Kawikaan 3:25 at ang katotohanan ng Mga Awit 23:4; 27:1; at 91:5.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 3:7**

**7 Gayon din naman kayong mga lalake, magsipamahay kayong kasama ng inyo-inyong asawa ayon sa**

**pagkakilala, na pakundanganan ang babae, na gaya ng marupok na sisidlan, yamang kayo nama'y kasamang tagapagmana ng biyaya ng kabuhayan: upang ang inyong mga panalangin ay huwag mapigilan.**

**3:7 "kayong mga lalake"** Sa bahaging ito para sa mga mananampalatayang asawang lalaki ay lubhang maikli kaysa sa mga inihahayag sa mga asawang babae; gayunman, iyon ay nagpapakilala isang radikal na paayong pagtitimbang o balanse sa panahon ni Pedro, na lubos na katulad ng kay Pablo (cf. taga-Efeso 5:21-31).

▣ **"ayon sa pagkakilala"** Ito ay tumutukoy sa (1) ang mga katotohanan ng Banal na Kasulatan (i.e., Genesis 1:26-27; 2:18-25; taga-Galacia 3:28) o (2) nag-iingat sa natatanging pisikal na pangangatawan ng kababaihan (tingnan ang tala sa ibaba).

▣ **"marupok na sisidlan"** Ito ay nangangahulugang sa pisikal (cf. Job 4:19; 10:9; 33:6; II taga-Corinto 4:7), hindi sa espiritwal o pangkaalaman (cf. taga-Galacia 3:28). Ang ilang tagapagpaliwanag ay inuugnay iyon sa panlipunang kalagayan. Ang parehong "sisidlan" ay ginamit sa I taga-Thesalonica 4:4 bilang isang sanggunian sa asawang babae (o isang wikain ng paglalarawan ng isang walang-hangang espiritu sa loob ng isang pisikal na katawang gawa sa putik, cf. Genesis 2:7; 3:19).

▣ **"pakundanganan ang babae yamang kayo nama'y kasamang tagapagmana ng biyaya ng kabuhayan"** Ito ay nagpapakilala ng espirituwal na pagkakapantay-pantay (i.e., mga kasamang tagapagmana, cf. 1:4-5) ng kalalakihan at kababaihan (cf. Genesis 1:27; 2:18; taga-Galacia 3:28). Sa ilang paraan kahit na ngayon, ang kaligtasan ay tinatanggal ang mga kahihinatnan ng Pagkalugmok (cf. Genesis 3:16) at pagpapanumbalik ng pagtutulungan sa pagitan ng kalalakihan at kababaihan ng Genesis 1-2.

▣ **"upang ang inyong mga panalangin ay huwag mapigilan"** Kung paanong pinakikitunguhan ng mga nananampalatayang kabiyak sa bawa't-isa ay nakakaapekto sa kanilang pakikipag-ugnayan sa Diyos (cf. I taga-Corinto 7:5).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 3:8-12

**[8]Katapustapusan, kayong lahat ay mangagkaisang akala, madamayin, mangagibigang tulad sa magkakapatid, mga mahahabagin, mga mapagkumbabang pagiisip: [9]Na huwag ninyong gantihin ng masama ang masama, o ng alipusta ang pagalipusta; kundi ng pagpapala; sapagkat dahil dito kayo ay tinawag, upang kayo ay mangagmana ng pagpapala. [10]Sapagkat, Ang magnais umibig sa buhay, At makakita ng mabubuting araw, Ay magpigil ng kaniyang dila sa masama, At ang kaniyang mga labi ay huwag magsalita ng daya: [11]At tumalikod siya sa masama, at gumawa ng mabuti; Hanapin ang kapayapaan, at kaniyang sundan. [12]Sapagkat ang mga mata ng Panginoon ay nasa mga matuwid, At ang kaniyang mga pakinig ay sa kanilang mga daing: Ngunit ang mukha ng Panginoon ay laban sa mga nagsisigawa ng masama.**

**3:8**

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"Katapustapusan"** |
| **NKJV, NRSV, NJB** | **"Sa huli"** |
| **TEV** | **"upang wakasan"** |

Ito ay isang Griyegong wikain ("ngayon ang katapusan") na nangangahulugang "sa buod," hindi ng buong sulat, ngunit ng kontekstong ito sa pagpapasakop (cf. 2:13-17,18-25; 3:1-7,8-22).

▣ **"kayong lahat"** Ito ay ipinapahayag sa buong komunidad ng pananampalataya. Walang PANDIWA sa talang ito ng mga nakakapagpasiglang katangian.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"mangagkaisang akala"** |
| **NKJV** | **"ng isang isipan"** |
| **NRSV** | **"pagkakaisa sa espiritu"** |
| **TEV** | **"ang parehong pag-uugali"** |
| **NJB** | **"kayong lahat ay sumang-ayon sa bawat-isa"** |

Ito sa literal ay isang tambalan ng *homos* (isa o ang pareho) at *phrēn* (isipan o pag-iisip). Ang parehong konsepto ay nakakatulong sa Juan 17:20-23; taga-Roma 12:16; taga-Filipos 1:27 at 2:2.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NJB** | **"madamayin"** |
| **NKJV** | **"may kahabagan sa bawat-isa"** |

**NRSV** **“pagdamay”**
**TEV** **“may katulad na damdamin”**

Ito sa literal ay isang tambalan ng *sun* (kasama) at *paschō* (pagdusa). Nakuha natin ang Ingles na terminong “pagdamay” mula sa Griyegong tambalang ito. Sa mga panahon ng pag-uusig at mga pagsubok ito ay lubhang mahalagang, gaya ng iba pang mga katangian na binanggit sa v. 8.

▣
**NASB** **“mangagibigang tulad sa magkakapatid”**
**NKJV** **“umibig bilang kapatid”**
**NRSV** **“pag-ibig sa bawat-isa”**
**TEV** **“mahalin ang bawat-isa”**
**NJB** **“ibigan ang mga kapatid”**

Ito sa literal ay isang tambalang ng *philos* (pag-ibig) at *adelphos* (kapatid). Ito ay, tiyak na, ang karaniwang paggamit ng kapatid. Marahil isang mas mainaman na paraan upang ipahayag ito ay “ipakita ang pampamilyang pag-ibig para sa lahat ng mga mananampalataya”( cf. taga-Roma 12:10; I taga-Thesalonica 4:9). Ito ay nagpapakilala ng utos ni Hesus sa Juan 13:34; I Juan 3:23; 4:7-8,11-12,19-21. Sa Koine Griyegong *philos* at *agapē* ay kadalasang mga magkasingkahulugan (ihambing ang Juan 3:35 at 5:20).

▣
**NASB** **“mga mahahabagin”**
**NKJV** **“maawain”**
**NRSV** **“isang maawaing puso”**
**TEV** **“maging mabait”**
**NJB** **“magkaroon ng kahahabagan”**

Ito ay isang tambalang ng *eu* (mabuti) at *splagchnon* (lamang-loob, bituka). Ang mga sinauna ay naniniwala na lamang-loob na mas mababa (cf. Mga Gawa 1:18) ay ang luklukan ng mga emosyon o damdamin (cf. Lucas 1:28; II taga-Corinto 6:12; taga-Filipos 1:8). Ang tambalang ito ay nananawagan sa mga mananampalataya sa magkaroon ng “mabuting damdamin” patungo sa bawa’t-isa (cf. taga-Efeso 4:32).

▣
**NASB** **“mga mapagkumbabang pagiisip”**
**NKJV** **“magalang”**
**NRSV** **“isang mababang kaisipan”**
**TEV** **“mapagkumbaba”**
**NJB** **“sariling pagpapakumbaba”**

Ito ay isang tambalang ng *tapeinos* (mapagpakumbaba) at *phrēn* (nakahanda). Iyon ay ginamit sa Mga Gawa 20:19; taga-Efeso 4:2 at taga-Filipos 2:3. Ito ay isang natatanging ugaling Kristiyano. Iyon ay nangangahulugang salungat ng sariling-pagsasaysay at pangsariling kayabangan.

**3:9 “Na huwag ninyong gantihin ng masama ang masama”** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG GANAP NA PANDIWARI na ginamit bilang isang PAUTOS. Ito ay tumutukoy sa tunay na kapatawaran (cf. Kawikaan 17:13, 20:22; taga-Roma 12:17, I taga-Thesalonica 5:15). Tandaang ang I Pedro ay isinulat sa inaapi at nagdurusang mga mananampalataya, ngunit sila ay kailangang tumugon gaya ng pagtugon ni Kristo sa di-makatarungang pagtrato.

▣ **“ng alipusta ang pagalipusta”** Ito ay nagpapakilala ng buhay ni Hesus (cf. 2:23).

▣ **“kundi ng pagpapala”** Ito ay isa pang PANGKASALUKUYANG GANAP NA PANDIWARI na ginamit bilang isang PAUTOS. Sa literal, iyon ay nangangahulugang “magsalita nang mahusay” o “magbigay na papuri” sa Ingles (cf. Mateo 5:10,12,44, 6:14-15; Lucas 6:28; taga-Roma 12:143; I taga-Corinto 4:12).

**3:9 “sapagkat dahil dito kayo'y tinawag”** Ito ay tiyak na katulad na katotohanang inihayag sa 2:21. Ang pagdurusa, tulad ng halimbawa ni Kristo, ay ang kaparaanan ng mga mananampalataya sa paglago (cf. Mga Hebreo 5:8) at witness (cf. v. 15).

▣ **“upang kayo'y mangagmana ng pagpapala”** Ito ay nagpapakilala ng mga salita ni Hesus sa Mateo 5:44 at Lucas 6:28. Ang mamanahin ng mga mananampalataya ay isang inuulit na paksa (cf. 1:4-5; 3:7,9). Tayo ay bahagi ng pamilya kasama ang Diyos at kasamang tagapagmana ni Hesus (cf. taga-Roma 8:17).

**3:10-12** Ito ay isang sipi mula sa Awit 34, mula sa ang MT at hindi sa Septuagint. Ang Awit ay pagkabanggit din sa

5. 2:3 – Mga Awit 34:8 (cf. Mga Hebreo 6:5)
6. 2:22 – Mga Awit 34:13

7. 3:10 – Mga Awit 34:12-13
8. 3:11 – Mga Awit 34:14 (cf. taga-Roma 14:19; Mga Hebreo 12:14)
9. 3:12 – Mga Awit 34:15-16

▣ Pansinin ang tatlong mga pagpapaalala.
1. kailangang ingatan ang kaniyang dila mula sa kasamaan (v. 10, tingnan ang Natatanging Paksa: Pantaong Wika sa Marcos 7:20)
2. kailangang lumayo sa kasamaan (v. 11)
3. kailangang nahapin ang kapayapaan at sundin iyon (v. 11)

Ito ay nagpapakita ang pantaong aspeto ng kasunduang pagtugon ng mananampalataya. Ang kadahilanan para sa mga pagkilos ng mananampalataya ay binigay sa v. 12:
1. ang Panginoon ay nagbibigay na personal na pansin sa matuwid
2. ang Panginoon ay dinidinig ang matuwid
3. ang Panginoon ay mismong laban sa masasama

Sa kabuuan ng Mga Awit "ang PANGINOON" sa orihinal ay tumutukoy kay YHWH, ang kasunduan Diyos ng Israel, ngunit sa kontekstong ito, iyon ay tumutukoy kay Hesus, ang tagapagdala ng bagong kasunduan (as do 1:25 at 2:3). Ito ay isang karaniwang pamamaraan ng mga may-akda ng NT upang pagtibayan ang pagka-Diyos ni Hesus.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 3:13-22

**[13]At sino ang sa inyo ay aapi, kung kayo ay mapagmalasakit sa mabuti? [14]Datapuwat kung mangagbata kayo ng dahil sa katuwiran ay mapapalad kayo: at huwag kayong mangatakot sa kanilang pangtakot, o huwag kayong mangagulo; [15]Kundi inyong ariing banal si Kristo na Panginoon sa inyong mga puso: na lagi kayong handa ng pagsagot sa bawat tao na humihingi sa inyo ng katuwiran tungkol sa pagasang nasa inyo, ngunit sa kaamuan at takot: [16]Na taglay ang mabuting budhi; upang, sa mga bagay na salitain laban sa inyo, ay mangapahiya ang nagsisialipusta sa inyong mabuting paraan ng pamumuhay kay Kristo. [17]Sapagkat lalong magaling, kung gayon ang iniibig ng kalooban ng Diyos na kayo ay mangagbata dahil sa paggawa ng mabuti kay sa dahil sa paggawa ng masama. [18]Sapagkat si Kristo man ay nagbata ring minsan dahil sa mga kasalanan, ang matuwid dahil sa mga di matuwid, upang tayo'y madala niya sa Diyos; siyang pinatay sa laman, ngunit binuhay sa espiritu; [19]Na iyan din ang kaniyang iniyaon at nangaral sa mga espiritung nasa bilangguan, [20]Na nang unang panahon ay mga suwail, na ang pagpapahinuhod ng Diyos, ay nanatili noong mga araw ni Noe, samantalang inihahanda ang daong, na sa loob nito'y kakaunti, sa makatuwid ay walong kaluluwa, ang nangaligtas sa pamamagitan ng tubig: [21]Na ayon sa tunay na kahawig ngayon ay nagligtas, sa makatuwid baga'y ang bautismo, hindi sa pagaalis ng karumihan ng laman, kundi sa paghiling ng isang mabuting budhi sa Diyos, sa pamamagitan ng pagkabuhay na maguli ni Hesukristo; [22]Na nasa kanan ng Diyos, pagkaakyat niya sa langit; na ipinasakop sa kaniya ang mga anghel at ang mga kapamahalaan ang mga kapangyarihan.**

**3:13 "sino ang sa inyo ay aapi"** Ito ay maaaring isang pagkabanggit sa Mga Awit 118:6 dahil ang Awit na ito ay sinipi sa I Pedro 2:7 at 9. Ang parehong katotohanang ito ay inihayag sa taga-Roma 8:31-34.

Ang mga mananampalataya ay kailangang nagpapatuloy na mapaalahanan na ang mundong ito ay hindi nila tahanan at ang pisikal ay hindi pangwakas na katotohanan! Tayo ay mga manlalakbay dito, dumadaan lamang tayo. Tayo ay hindi kailangang matakot (i.e., v. 14).

Iyon ay kabalintunaan na silang kinakanlong ng Panginoon ay kadalasang inuusig. Ang pagkaalam, pag-ibig, at paglilingkod sa Diyos ay hindi hinahadlangan ang isa mula sa sakit, di-makatuwirang pagtrato, kahit na ang kamatayan. Iyon ay nagmumukhang ang kasamaan ay nanalo, ngunit sandali, kahit na gitna ng pagdurusa, ang mananampalataya ay pinagpala (cf. Mateo 5:10-12; Mga Gawa 5:41).

▣ **"kung kayo'y mapagmalasakit sa mabuti?"** Ito ay isang PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na nangangahulugan ng maaaring pagkilos. Sila ay pagdurusa sadyang dahil sila ay mga Kristiyano (cf. v. 14; 2:19; 3:16; 4:16). Gayunman, pansinin ang kawalang-katiyakan (i.e., MAY PASAKALING KALAGAYAN), "sigasig para sa anumang mabuti"!

**3:14 "Datapuwat kung mangagbata kayo"** Ito ay isang di-karaniwang PANG-APAT NA URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI (pinakamalayong kalagayan mula sa katotohanan), na nangangahulugang maaari, ngunit walang tiyak na pagkilos (cf. II Timoteo 3:12). Hindi bawat mananampalataya saanman ay magdurusa. Pagdurusa ay hindi kailanman at hindi kailanman karanasan ng bawat Kristiyano, ngunit bawat Kristiyano ay kailangang maging handa (cf. 4:12-16; Juan 15:20; Mga Gawa 14:22; Pahayag 8:17)!

▣ **"katuwiran"** Sa kontekstong ito, iyon ay kailangang tumutukoy sa maka-Diyos na pamumuhay o ating pasalitang patotoo tungkol sa ebanghelyo. Tingnan ang Natatanging Paksa na susunod.

## NATATANGING PAKSA: KATUWIRAN (RIGHTEOUSNESS)

Ang "Katuwiran" ay isang tunay na napakahalagang paksa na ang estudyante ng Bibliya ay dapat gumawa ng matinding personal na pag-aaral sa konsepto.

Sa OT ang katangian ng Diyos ay inilarawan bilang "makatarungan" o "matuwid" (PANDIWA, BDB 842, KB 1003; PANLALAKING PANGNGALAN, BDB 841, KB 1004; PAMBABAENG PANGNGALAN, BDB 842, KB 1006). Ang Mesopotamyang salita mismo ay nagmula sa isang "tambo ng ilog" na ginamit kagamitan sa pagkakayari (konstruksyon) upang hatulan ang pahalang na katuwidan ng mga haligi at bakod. Ang Diyos ay pinili ang salita upang gamitin ng metaporikal para sa Kanyang sarili kalikasan. Siya ay tuwid na pinuno na ang lahat ay hinahatulan. Ang konseptong ito ay nagsasaysay sa katuwiran ng Diyos gayun din ang Kanyang wastong paghahatol.

Ang tao ay nilalang ayon sa wangis ng Diyos (cf. Genesis 1:26-27; 5:1,3; 9:6). Ang sangkatauhan ay nilikha para sa pakikisama sa Diyos. Lahat ng nilikha ay isang entablo o senaryo para sa interaksyon ng Diyos at sangkatauhan. Ang Diyos ay nagnais na ang Kanyang pinkamataas na nilikha, ang sangkatauhan, ay makilala Siya, mahalin Siya, paglingkuran Siya, ang maging kagaya Niya! Ang katapatan ng sangkatauhan ay nasubukan(cf. Genesis 3) at ang orihinal na mag-asawa ay nabigo sa pagsubok. Ito ay nagbunga ng pagkabuwag ng ugnayan sa pagitan ng Diyos at mga tao (cf. Genesis 3; taga-Roma 5:12-21).

Ang Diyos ay nangako na aayusin at papanumbalikin ang samahan (cf. Genesis 3:15). Ginawa Niya ito sa pamamagitan ng Kanyang sariling kalooban at Kanyang sariling Anak. Ang mga tao ay walang kakayanang mapanumbalik ang pagkakasira (cf. taga-Roma 1:18-3:20; Pahayag 5).

Pagkatapos ng Pagbagsak, ang unang hakbang ng Diyos patungo sa pagpapanumbalik ay konsepto ng tipanan batay sa Kanyang paanyaya at nagsisisi, matapat, at masunuring pagtugon ng sankatauhan. Sapagkat dahil sa Pagbagsak, ang mga tao ay nawalan ng kakayahan na nararapat na pagkilos (cf. taga-Roma 3:21-31; taga-Galacia 3). Ang Diyos mismo ay kailangan gumawa ng paunang pagkilos upang mapanumbalik ang mapanirang tipanang mga tao. Ginawa Niya ito sa pamamagitan ng

1. <u>paghahayag</u> na ang sangkatauhan ay matuwid sa pamamagitan ng gawa ni Kristo (i.e., legal na katuwiran).
2. <u>malayang pagbibigay</u> sa sangkatauhan ng katuwiran sa pamamagitan ng gawa ni Kristo (i.e., ibinilang na katuwiran).
3. <u>pagkakaloob</u> ng nananahang Espiritu na gumagawa ng katuwiran (i.e., pagiging wangis ni Kristo) ang pagpapanumbalik sa imahe ng Diyos) sa sangkatuhan.
4. <u>pagpapanumbalik</u> sa pagsasama ng Hardin ng Eden (ihambing sa Genesis 1-2 sa Pahayag 21-22)

Gayunpaman, Diyos ay nangangailangan ng tipanang pagtugon. Ang Diyos ay nag-uutos (i.e., walang-bayad na ibinigay) at nagbibigay, ngunit ang mga tao ay dapat na tumugon at magpatuloy na tumugon sa

1. pagsisisi
2. pananampalataya
3. pamumuhay na pagsunod
4. pagtitiis

Ang katuwiran, samaktuwid, ay isang tipanang, nagpapalitang pagkilos sa pagitan ng Diyos at ng Kanyang pinakamataas na nilikha. Batay sa karakter ng Diyos, ang gawa ni Kristo, at ang pagpapalakas ng Espiritu, na ang bawat indibidwal ay dapat personal at patuloy na tumugon ng nararapat. Ito ang konsepto na tinawag na "pagbibigay katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya o pag-aaring ganap." Ang konsepto ay ipinahayag sa mga Ebanghelyo, ngunit hindi sa mga salitang ito. Ito paunang ipinaliwanag ni Pablo, na gumagamit ng Griyegong salita na "katuwiran" sa ibat-ibang mga anyo na nito na higit sa 100 beses.

Si Pablo, na sinanay bilang rabi, gumagamit ng salita *dikaiosunē* sa Hebreong pakahulugan nito sa salitang *tsaddiq* ginamit ang Septuagint, hindi mula sa Griyegong panitikan. Sa Griyegong mga kasulatan ang salita ay kaugnay sa isang tao na sumusunod sa mga inaasahan ng Diyos at lipunan. Sa Hebreong pakahulugan nito ay laging nakabalangkas sa kasunduang mga salita. Si YHWH ay makatarungan, etikal, at moral na Diyos. Nais Niya na ang Kanyang mga tao ay magpakita ng Kanyang katangian. Ang tinubos na sangkatauhan ay nagiging bagong nilalang. Ang kabaguhang ito ay magdudulot ng bagong maka-Diyos na pamumhay (ang Romano Katoliko ay nakatuon sa pag-aaring ganap). Dahil sa ang Israel ay teokrasya, walang malinaw na guhit-balangkas sa pagitan ng secular (o mga pamantayan ng lipunan) at sa sagrado (kalooban ng Diyos). Ang pagkakaibang ito ay ipinahayag sa Hebreo at Griyegong mga salita na siyang isinalin sa Ingles na "katarungan" (na inuugnay sa lipunan) at "katuwiran" (na inuugnay sa relihiyon).

Ang ebanghelyo (mabuting balita) ni Hesus ay ang makasalanang sangkatauhan na muling napanumbalik sa pakikisama sa Diyos. Ito ay natapos sa pamamagitan ng pag-ibig, awa, at biyaya ng Ama; ang buhay, kamatayan, at muling pagkabuhay ng Anak; at ang pag-anyaya, at pagdadala ng Espiritu sa ebanghelyo. Ang pag-aaring ganap ay walang bayad na pagkilos ng Diyos, ngunit ito ay dapat na lumago sa pagiging maka-Diyos (ang kinatatayuan ni Augustino, na nagpapakita ng kapwa pagbibigay-diin ng Repormasyon at sa kawalang-bayad ng ebanghelyo at sa pagbibigay-diin ng Romano Katoliko sa binagong-buhay ng pag-ibig at katapatan). Para sa mga *Reformers* ang salitang "ang katuwiran ng Diyos" ay isang LAYONG DYENITIBO (i.e., ang pagkilos na gumagawa sa makasalanang sanlibutan na katanggap-tanggap sa Diyos [posisyonal na pagpapaging-banal], habang para sa mga Katoliko ito ay isang PASAKALING DYENITIBO, na pamamaraan ng pagiging katulad ng Diyos [pangkaranasang umuunlad na

pagpapaging-banal]. Sa katunayan, ito ay kapwa totoo!!)

Sa aking pananaw lahat ng sa Bibliya mula sa Genesis 4 - Pahayag 20 ay isang tala ng pagpapamunbalik ng Diyos sa samahan sa Eden. Ang Bibliya ay nagsimula sa Diyos at sangkatauhan na nasa pakikisama sa isang mundong tagpuan (cf. Genesis 1-2) at ang Bibliya ay magtatapos sa katulad na tagpuan (cf. Pahayag 21-22). Ang larawan ng Diyos at layunin ay mapapanumbalik!

Upang maitalata ang pagtalakay sa itaas, pansining ang mga sumusunod na piniling mga tala sa NT na nagpapakita ng pangkat ng salita sa Griyego.

1. Ang Diyos ay matuwid (madalas naiuugnay sa Diyos bilang Hukom)
    a. taga-Roma 3:26
    b. II taga-Tesalonica 1:5-6
    c. II Timoteo 4:8
    d. Pahayag 16:5
2. Si Hesus ay matuwid
    a. Gawa 3:14; 7:52; 22:14 (titulo ng Mesias)
    b. Mateo 27:19
    c. I Juan 2:1,29; 3:7
3. Ang kalooban ng Diyos para sa Kanyang nilikha ay katuwiran
    a. Levitico 19:2
    b. Mateo 5:48 (cf. 5:17-20)
4. Ang paraan ng Diyos para sa pagbibigay at paggawa ng katuwiran
    a. taga-Roma 3:21-31
    b. taga-Roma 4
    c. taga-Roma 5:6-11
    d. taga-Galacia 3:6-14
    5. Ibinigay ng Diyos
        a. taga-Roma 3:24; 6:23
        b. I taga-Corinto 1:30
        c. taga-Efeso 2:8-9
    6. Tinanggap sa pamamagitan ng pananampalataya
        a. taga-Roma 1:17; 3:22,26; 4:3,5,13; 9:30; 10:4,6,10
        b. II taga-Corinto 5:21
    7. Sa pamamagitan ng mga gawa ng Anak
        a. taga-Roma 5:21
        b. taga-II Corinto 5:21
        c. taga-Filipos 2:6-11
8. Kalooban ng Diyos na ang Kanyang mga tagasunod ay maging matuwid
    a. Mateo 5:3-48; 7:24-27
    b. taga-Roma 2:13; 5:1-5; 6:1-23
    c. taga-Efeso 1:4; 2:10
    d. I Timoteo 6:11
    e. II Timoteo 2:22; 3:16
    f. I Juan 3:7
    g. I Pedro 2:24
9. Ang Diyos ay maghahatol sa mundo sa pamamagitan ng katuwiran
    a. Gawa 17:31
    b. II Timoteo 4:8

Ang katuwiran ay katangian ng Diyos, walang bayad na ibinigay sa makasalanang sangkatauhan sa pamamagitan ni Kristo. Ito ay

1. Isang kautusan ng Diyos
2. Isang kaloob ng Diyos
3. Isang pagkilos ng Kristo
4. Isang buhay na dapat ipamuhay

Ngunit ito rin ay pamamaraan ng pagiging matuwid na dapat na masigla at matimtimang tinutugis, na baling araw ay mararanasan sa Ikalawang Pagdating. Ang pakikisapa sa Diyos ay napanumbalik sa kaligtasan ngunit nagproprogreso sa buong buhay sa pamamagitan ng mukha sa mukha na engkwentro sa kamatayan o sa *Parousia*!

Narito ang mabuting sipi para sa talakayang ito. Ito ay kinuha mula sa *Dictionary of Pauland His Letters* mula sa IVP:

"Si Calvin, na gaya din ni Luther, ay nagbibigay diin sa pang-ugnayang aspeto ng katuwiran ng Diyos. Ang pananaw ni Luther sa katuwiran ng Diyos ay waring naglalalaman ng aspeto ng pagwawalang-sala. Si Calvin ay nagbibigay -iin sa kamangha-manghang kalikasan ng paghahatid o

pagbabahagi ng katuwiran ng Diyos sa atin" (p. 834).

Para sa akin pakikipagrelasyon ng mananampalataya sa Diyos ay mayroong tatlong mga aspeto.

1. ang ebanghelyo ay isang persona (pagbibigay-diin ng mga Silanganin Iglesya at si Calvin)
2. ang ebanghelyo ay isang katotohanan (pagbibigay-diin nina Augustino at Luther)
3. ang ebanghelyo ay isang binagong buhay (pagbibigay diin ng Katoliko)

Silang lahat ay totoo at dapat na hawakan ng sama sama para sa malusog, malalim, na biblikal na Kristyanismo. Kung alinman sa kanila ang labis na nabigyan halaga o pinababa, ang mga suliranin ay lilitaw.

Dapat nating tanggapin si Hesus!
Dapat nating paniwalaan ang ebanghelyo!
Dapat nating itaguyod ang pagiging katulad ni Kristo!

▣ **"mapapalad kayo"** Ito ay isang naiibang termino mula sa v. 9. Ito ay ang terminong ginamit sa *Beatitudes* sa Pangangaral sa Bundok ni Hesus (cf. Mateo 5:10-12). Ang mga mananampalataya ay nauugnay sa mga propeta ng OT bilang liwanag at kapahayagan ng Diyos sa isang nalugmok na mundo. Sa pamamagitan ng ating patotoo, kahit na sa gitna ng pag-uusig, ang di-mananampalataya ay maaaring lumapit at magpuri sa Diyos (cf. 3:1,8-9).

▣ **"at huwag kayong mangatakot sa kanilang pangtakot"** Ito ay isang pagkabanggit sa Isaias 8:12-13 (tingnan ang katulad konsepto sa Isaias 50:9; 54:17; taga-Roma 8:31-38). Sa literal, iyon ay "huwag katakutan ang kanilang pagkatakot." Ang pariralang ito ay maaaring maunawaan sa dalawang paraan: (1) ang pagkatako sa Diyos na naramdaman ng mga taga-usig o (2) ang takot na kanilang itinatanim sa iba. Ang kakulangang ng pagkatakot ay isang katangian ng anak ng Diyos (cf. v. 6).

**3:15 "inyong ariing banal"** Ito ay isang AORIST GANAP NA PAUTOS, na ay nagpapahiwatig isang tiyak na nakalipas na pagkilos ng pagtatalaga sa isang tao na inihiwala para sa paggamit ng Diyos (ito rin ay maaaring pagkabanggit sa Isaias 8:14, na may "banal na dako"). Ang mga mananampalataya ay kailangang pagpapaging-banal si Kristo sa kanilang mga puso bilang Kristo na pinaging-banal ang Kaniyang sarili para sa kanila (cf. Juan 17:19).

Pansinin na sa I taga-Thesalonica 5:23 iyon ay Diyos na nagpapaging-banal sa mga mananampalataya. Ngayon mga mananampalataya ay inuutusang pagpaging-banal ang kanilang mga sarili. Ito ay ang kasunduan kabalintunaan ng biblikal na pananampalataya (ihambing Ezekiel 18:31 sa 36:26-27). Diyos ay soberano, ngunit ang mga tao ay malaya din at kailangang maisakatuparan ang kalayaang iyon sa kalooban ng Diyos. At paano tayo magpapaging-banal kay Kristo?

1. sa ating pag-ibig para sa isa't-isa (cf. vv. 8-9)
2. sa ating mga buhay (cf. vv. 13-14)
3. sa ating pasalitang patotoo (cf. v. 15)

▣ **"Kristo na Panginoon"** Ang King James Version ay may "Panginoong Diyos," na nagpapakilala ng Isaias 8:12-13, ay may "ang PANGINOON ng mga hukbo," habang ang v. 14 ay isang pang-Mesias na teksto. Gayunman, ang sinaunang Griyegong mga manuskritong $P^{72}$, א, A, B, at C ay may "Kristo na Panginoon," na mas umaakma sa kontekstong ito.

▣ **"sa inyong mga puso"** Ang "mga puso" ay isang wikain sa OT na tumutukoy sa buong persona. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Puso sa Marcos 2:6.

▣ **"na lagi kayong handa ng pagsagot"** Ito ay ang Griyegong termino na *apologia*, na isang tambalang *apo* (mula sa) at *logos* (salita). Iyon ay tumutukoy sa isang legal na pagtatanggol sa isang hukumang tagpuan (cf. Mga Gawa 19:33; 22:1; 25:16; 26:1,2,24). Ang tekstong ito ay kadalasang ginagamit upang himukin ang mga mananampalataya na maging isang pang-ebanghelyong saksi, na tiyak na kinakailangan, ngunit sa kontekstong ito, maaaring tumutukoy sa mga opisyal na pag-uusig o mga interogasyon. Pansinin na iyon ay mahalaga para sa lahat ng mga mananampalataya upang magkaroon ng isang nakahanda, lohikong pagpapakilala ng kanilang pananampalataya kay Kristo, maging para sa isang hukuman o para sa isang kapitbahay. Bawat mananampalataya ay dapat na maging handa sa isang pasalitang sa saksi!

▣ **"sa pag-asang nasa inyo"** Ang pag-asa dito ay isang sama-samang salita para sa ebanghelyo at ang panghinaharap na kalubusan nito. Ang mga mananampalataya ay nabubuhay ngayon sa maka-Diyos na paraan dahil ng kanilang pagtitiwala sa mga pangako at pagbabalik ni Kristo.

## NATATANGING PAKSA: PAG-ASA (*elpis,* kay Pablo) (HOPE (*elpis*, in Paul))

Si Pablo ay madalas gumamit ng salitang ito sa marami magkakaibang ngunit magkakaugnay na diwa. Kadalasan ito ay inuugnay sa kaganapan ng pananampalataya ng mananampalataya (e.g., I Timoteo 1:1). Ito ay maipapahayag bilang kaluwalhatian, walang hanggang buhay, hantungang kaligtasan, Pangalawang Pagdating, atbp.

Ang kaganapan ay tiyak, ngunit ang sangkap ng panahon ay sa hinaharap at di-tiyak. Ito ay kadalasang inuugnay sa "pananampalataya" at "pag-ibig" (cf. I taga-Corinto 13:13; I taga-Thesalonica 1:3; II taga-Thesalonica 2:16). Isang di-buong tala ng ilang mga paggamit ni Pablo ay:

1. Ang Pangalawang Pagbabalik (pagdating), taga-Galacia 5:5; taga-Efeso 1:18; 4:4; Tito 2:13
2. Si Hesus ang ating pag-asa, I Timoteo 1:1
3. Ang mananampalataya ay ihaharap sa Diyos, taga-Colosas 1:22-23; I taga-Thesalonica 2:19
4. Ang pag-asa ay natataan sa langit, taga-Colosas 1:5
5. Pagtitiwala sa ebanghelyo, taga-Colosas 1:23; I taga-Thesalonica 2:19
6. Hantungang kaligtasan, taga-Colosas 1:5; I taga-Thesalonica 4:13; 5:8
7. Ang kaluwalhatian ng Diyos, Roma 5:2, II taga-Corinto 3:12; taga-Colosas 1:27
8. Ang kaligtasan ng mga Hentil kay Kristo, taga-Colosas 1:27
9. Katiyakan ng kaligtasan, I taga-Thesalonica 5:8
10. Walang hanggang buhay, Tito 1:2; 3:7
11. Mga bunga ng Kristiyanong paglago, taga-Roma 5:2-5
12. Katubusan sa lahat ng linikha, taga-Roma 8:20-22
13. Kapuspusan ng pagkukupkop, taga-Roma 8:23-25
14. Titulo para sa Diyos, taga-Roma 15:13
15. Ang nais ni Pablo sa mga mananampalataya, II taga-Corinto 1:7
16. OT bilang isang gabay sa mga mananampalataya sa NT, taga-Roma 15:4

▣ **"sa kaamuan at takot"** Ang unang termino ay ginamit sa mga asawang babae sa 3:4, kung saan iyon ay naglalarawan sa isang pag-uugali na nakakalugod sa Diyos. Ito ay totoo, hindi lamang sa *interpersonal* na mga pakikipag-ugnayan ng tahanan, ngunit gayundin ang pakikipag-ugnayan ng mananampalataya sa iba, kahit na kanilang nagsusulsol ng pag-uusig (cf. II Timoteo 2:25).

Ang ikalawang termino ay kadalasang ginagamit sa I Pedro at nagpapakilala din ng isang panahon ng pag-uusig at pananakot (cf. 1:17; 2:17,18; 3:2,15). Dapat nating igalang ang Diyos at dahil dito, igalang kahit na ang mga di-mananampalatayang panginoon, mga asawang lalaki, at mga taga-usig, habang nagpapatotoo tayo sa Kaniyang kapangyarihan at kaharian.

**3:16** Mayroong ilang pagkalito sa kung saan nagsisimula ang v. 16. Ang NASB at NKJV ay nagsimula dito at UBS[4], NRSV, TEV, at NJB ay nagsimula sa isa pang mas maagang parirala.

▣ **"taglay ang mabuting budhi"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG GANAP NA PANDIWARI na ginamit bilang isang PAUTOS.

Walang isang katumbas sa OT ng Griyegong terminong "budhi" maliban sa Hebreong termino na "dibdib" ay nagpapahiwatig ng kaalaman ng sarili at sa mga layunin nito. Sa orihinal, ang Griyegong termino ay tumutukoy sa kamalayan na kaugnay sa limang pandama. Iyon ay ginamit sa panloob na mga kaunawaan (cf. taga-Roma 2:15). Pablo ay gumagamit ng terminong ito ng dalawang beses sa kaniyang mga pag-uusig sa Mga Gawa (cf. 23:1 at 24:16). Iyon ay tumutukoy sa kaniyang kaunawaan na siya ay walang nalalamang linabag na anumang inaasahang tungkulin tungo sa Diyos (cf. I taga-Corinto 4:4).

Ang budhi ay isang lumalagong pagkaunawa ng mga layunin at mga pagkilos ng mga mananampalataya batay sa
1. isang biblikal na pananaw sa mundo
2. isang pananahan ng Espiritu
3. isang kaalaman ng salita ng Diyos
4. ang personal na pagtanggap ng ebanghelyo

Ginamit ni Pedro ang pananalitang ito nang tatlong beses, 2:19; 3:16 at 21. Ito ang tiyak na hindi maipagkakaloob ng pang-relihiyong legalismo, ngunit maaari sa ebanghelyo.

▣ **"upang, sa mga bagay na salitain laban sa inyo, ay mangapahiya ang nagsisialipusta sa inyong mabuting paraan ng pamumuhay kay Kristo"** Tingnan ang mga tala sa 2:12 at 2:15.

**3:17 "kung gayon ang iniibig ng kalooban ng Diyos"** Ito ay isang di-karaniwang PANG-APAT NA URING MAY PASUBALI gaya sa v. 14. Patuloy na inihayag ni Pedro ang maaarin mangyari, ngunit hindi katiyakan, ng pagdurusa at pag-uusig (cf. 1:6; 2:15; 3:17; 4:14).

**3:18-22** Si Richard N. Longenecker, *Biblical Exegesis In the Apostolic Period*, pp. 69, 172, ay nagpapahayag na ang mga talatang ito ay mula sa isang pang-bautismong imno. Si Grant Osborne, *The Hermeneutical Spiral*, ay iniisip na ang v. 18 ay patula lamang (wala sa mga salin na ginamit sa komentaryong ito ay inilimbag iyon bilang isang tula). Kung iyon ay imno o patula, kung gayon hindi dapat ito "itulak" para sa doktrina!

**3:18 "Sapagka't si Cristo man ay nagbata dahil sa mga kasalanan"** Ang pariralang ito ay ginamit sa Septuagint para sa "isang pangkasalang alay" (cf. Levitico 5:7, 6:30; Isaias 53; II taga-Corinto 5:21). Ang pariralang ito ay nagpapahayag ng panghaliling kamatayan ni Hesus alang-alang sa iba, gaya ng 2:22-24.

Mayroong dalawang bahagi ang pariralang na may mga Griyegong kaibahan.

1. "Kristo ay namatay" (cf. NASB, TEV, NJB). Ito ay matatagpuan sa Griyegong mga manuskritong $P^{72}$, א, A, B, at C. Ang ibang sinaunang Griyegong mga ansyalon ay may "naghirap" (NKJV, NRSV, i.e., MSS B, K at P). Ang "naghirap" ay umaakma pinakamainam sa kapwa konteksto at talasalitaan ni Pedro (siya ay gumagamit ng "naghirap" nang labing-isang beses), ngunit kung iyon ay orihinal bakit iibahin ng sinumang tagasulat iyon sa "namatay"?
2. "Para sa mga kasalanan." Mayroong mahigit pitong kaibahan sa bahaging ito ng talata. Karamihan sa kanila ay isinasama ang "para sa atin" o "sa kapakanan natin." Ang suliranin ay ang Griyegong pang-ukol na *peri* na ginamit na may kaugnayan sa kasalanan sa halip na ang mas inaasahang *huper*.

**"minsan"** Ito ay paksa sa aklat ng Mga Hebreo (cf. taga-Roma 6:10; Mga Hebreo 7:17; 9:12,18,26,28; 10:10). Si Kristo ay ang ganap, mabisa, minsang-ipinagkaloob na pag-aalay para sa kasalanan!

**"ang matuwid dahil sa mga di matuwid"** Ito ay isang pagkabanggit sa Isaias 53:11-12 at maaaring isinalin na "ang matuwid para sa di-matuwid" (cf. NRSV). "Ang isang matuwid" ay maaaring isang titulo para kay Hesus sa sinaunang iglesiya (cf. Mga Gawa 3:14; 7:52; I Juan 2:1,29; 3:7). Iyon ay nagbibigay-diin sa Kaniyang walang kasalanag buhay (cf. 1:19; 2:22) na ipinagkaloob sa kapakanan ng makasalanan (cf. 2:24).

**"upang"** Ito ay isang layuning (*hina*) sugnay.

**"tayo ay madala niya sa Diyos"** Ito ay tumutukoy sa "paglapit" o "panimula" sa pagka-Diyos (cf. taga-Roma 5:2; taga-Efeso 2:18; 3:12). Ang kamatayan ni Hesus ay pinapanumbalik ang pakikipag-ugnayan sa Diyos na nawala sa Pagbagsak. Ang larawan ng Diyos sa sangkatauhan ay naipanumbalik sa pamamagitan ni Kristo. Ang mga mananampalataya ay may posibilidad ng napakalapit na pakikipag-ugnaya sa Diyos gaya nang naranasan ni Adan at Eba sa Eden bago ang Pagbagsak ng Genesis 3.

**"siyang pinatay sa laman, ngunit binuhay sa espiritu"** Mayroong isang pag-iiba (pagkakaagapay) sa pagitan ng pisikal na katawan ni Hesus (cf. 4:1) at Kaniyang espirituwal na buhay (cf. 4:6; I taga-Corinto 15:45). Ang katulad na katotohanang ito ay nakilala sa sinaunang kredo o naitalang imno sa I Timoteo 3:16.

Kapwa ang mga pariralang ito ay AORIST BALINTIYAK NA MGA PANDIWARI, na nagpapahiwatig ng isang pangkasaysayang pangyayari (pagpapapako sa krus at muling pagkabuhay, cf. taga-Roma 1:3-4) na isinakatuparan ng isang panlabas na kinatawan (i.e., ang Ama o ang Banal na Espiritu). Iyon ay mahirap itakda sa talata kung ang "espiritu" ay dapata sa malaking titik (i.e., Banal na Espiritu) o hindi (i.e., pantaong espiritu ni Hesus). Mas gusto ko ang huli (gaya ni A. T. Robertson), ngunit mas pinili ni F. F. Bruce ang nauna.

**"nangaral"** Ito ay ang Griyegong terminong *kērussō*, na nangangahulugang ipangaral o ipahayag sa madla. Sa kaugnay na talata, 4:6, ang PANDIWA ay *euangelizō*, na tumutukoy na tangi sa pangangaral ang ebanghelyo. Iyon ay di-tiyak kung isang pagkakaiba ay makikita sa kontekstong ito sa pagitan ng dalawang termino (cf. Marcos 5:20; Lucas 9:60, kung saan ang *kērussō* ay ginamit sa pangangaral ng ebanghelyo). Sa aking palagay, sila ay magkasingkahulugan.

**"mga espiritu"** Mayroong dalawang teoriya patungkol sa ito: (1) patay na tao (4:6; Mga Hebreo 12:23) o (2) mga masamang anghel (Genesis 6; II Pedro 2:4-5; Hudas 6: I Enoch). Ang mga tao ay hindi tinutukoy sa NT bilang "mga espiritu" na walang iba pang pang-uri (cf. F. F. Bruce, *answers to Questions*, p. 128).

**"nasa bilangguan"** Mayroong maraming bagay sa teksto na kailangang maiugnay na magkasama sa ilang paraan upang itakda sa kung ano ang tinutukoy ni Pedro:

1. si Hesus ay "sa espiritu" (v. 18)
2. si Hesus ay nangaral sa mga espiritu na nabilanggo (v. 19)
3. ang mga espiritu ay masuwayin sa panahon ni Noe (v. 20)

Kapag ang lahat ng mga ito ay inihambing, isang mensahe sa nalugmok na mga anghel ng Genesis 6 o ang mga tao sa araw ni Noe na nalunod ang tila ang tanging tekstwal na opsyon. Ang araw ni Noe ay binanggit din sa II Pedro 2:4-5, kasama ng Sodoma at Gomora (cf. II Pedro 2:6). Sa Hudas, ang mga naghimagsik na anghel (cf. Hudas 6) at Sodoma at Gomora (cf. Hudas 7) ay inugnay din na magkasama.

Iyon ay di-maliwanag mula sa mas malaking konteksto bakit binabanggit ni Pedro ang paksang ito maliban na siya ay gumagamit ng baha bilang isang pagtutulad sa bautismo (i.e., naligtas sa pamamagitan ng tubig, cf. v. 20).

Ang dalawang pangunahing punto ng paninindigan sa pagpapaliwanag ng talatang ito ay (1) kailan at (2) ang nilalaman ng pangangaral ni Kristo?

1. ang umiiral na Kristo ay nangaral sa pamamagitan ni Noe (cf. 1:11 kung saan ang Espiritu ni Kristo ay nangaral sa pamamagitan ng mga manunulat ng OT) sa mga tao ng kaniyang araw, ngayon ay nabilanggo (Augustino)
2. si Kristo, sa pagitan ng kamatayan at muling pagkabuhay, ay nangaral sa nabilanggong mga tao sa panahon ni Noe
   a. kahatulan sa kanila
   b. kaligtasan sa kanila (Clemente ng Alexandria)
   c. mabuting mga bagay kay Noe at sa kaniyang pamilya (sa Paraiso) sa harapan nila (sa *Tartarus*)
3. Si Kristo, sa pagitan ng kamatayan at muling pagkabuhay, ay nangaral sa
   a. mga anghel na kumuha ng mga kababaihan at nagkaroon ng mga anak sa kanila (cf. Genesis 6:1-2)
   b. ang kalahating-anghel, kalahating-tao na mga anak ng Genesis 6:4 (tingnan ang Natatanging Paksa sa Genesis 6 online sa www.freebiblecommentary.org). Ang nilalaman ng mensahe ay kanilang kahatulan at Kaniyang tagumpay. I Enoch ay sinasabing ang mga kalahating-anghel/kalahating-tao na walang katawan ay ang mga demonyo ng NT.
4. Si Kristo bilang matagumpay na Mesias na umakyat sa mga langit (i.e., mga antas ng anghel ng Nostiko o ang pitong mga langit ng mga rabbi, cf. 3:22; taga-Efeso 4:9). II Enoch 7:1-5 ay sinasabing ang nalugmok na mga anghel ay ibinilanggo sa ikalawang langit. Siya, sa pamamagitan ng ganitong pagkilos mismo, ay ipinahayag ang Kaniyang tagumpay laban sa mga maka-anghel na kaharian (i.e., lahat ng espirituwal na pagsasalungat, cf. ang *Jerome Bible Commentary*, p. 367). Pinakagusto ko ang opsyon na ito sa kontekstong ito.

## NATATANGING PAKSA: NASAAN ANG MGA PATAY? (WHERE ARE THE DEAD?)

I. Lumang Tipan
   A. Ang lahat ng tao ay mapupunta sa *Sheol* (ang etimolohiya ay hindi tiyak, BDB 1066), na ito ay isang paraan upang tukuyin ang kamatayan o ang libingan, na madalas sa mga Karunungang Panitikan at Isaias. Sa OT ito ay isang maanino, may kamalayan, ngunit walang kaligayahang pag-iral (cf. Job 10:21-22; 38:17).
   B. Katangian ng *Sheol*
      1. inuugnay sa kahatulan ng Diyos (apoy), Deuteronomio 32:22
      2. isang bilangguan na may mga pasukan, Job 38:17; Mga Awit 9:13; 107:18
      3. isang lupain na wala nang balikan, Job 7:9 (isang titulong Akkadiano para sa kamatayan)
      4. isang lupain/nasasakupan ng kadiliman, Job 10:21-22; 17:13; 18:18
      5. isang lugar ng katahimikan, Mga Awit 28:1; 31:17; 94:17; 115:17; Isaias 47:5
      6. inuugnay ka kahatulan kahit na bago dumating ang araw ng Paghuhukom, Mga Awit 18:4-5
      7. inuugnay sa *abaddon* (pagkawasak), na kung saan nandoon din ang Diyos, Job 26:6; Mga Awit 139:8; Amos 9:2
      8. inuugnay sa "ang hukay" (libingan), Mga Awit 16:10; Isaias 14:15; Ezekiel 31:15-17
      9. ang masasama ay bababa ng buhay sa *Sheol*, Bilang 16:30,33; Mga Awit 55:15
      10. kadalasang kinakatawang ng isang hayop na may malaking bunganga, Bilang 16:30; Isaias 5:14; Habakkuk 2:5
      11. ang mga tao doon ay tinatawag na *Repha'im*, (i.e., "mga espiritu ng patay"), Job 26:5; Mga Kawikaan 2:18; 21:16; 26:14; Isaias 14:9-11)
      12. gayunman, si YHWH ay naririto kahit na dito, Job 26:6; Mga Awit 139:8; Mga Kawikaan 15:11

II. Bagong Tipan
   A. Ang Hebreong *Sheol* ay isinalin sa Griyegong *Hades* (ang di-nakikitang mundo)
   B. Katangian ng *Hades*
      1. tumutukoy sa kamatayan, Mateo 16:18
      2. inuugnay sa kamatayan, Pahayag 1:18; 6:8; 20:13-14
      3. kadalasang inuugnay sa lugar ng palagiang pagpaparusa (*Gehenna*), Mateo 11:23 (sipi sa OT); Lucas 10:15; 16:23-24
      4. kadalasang inuugnay sa libingan, Lucas 16:23
   C. Maaaring pagkakahati-hati (mga rabi)
      1. ang matuwid na bahagi ay tinatawag na *Paraiso* (totoong ibang pangalan para sa langit, cf. II taga-Corinto 12:4; Pahayag 2:7), Lucas 23:43
      2. ang masamang bahagi ay tinatawag na *Tartarus*, II Pedro 2:4, kung saan ito ang lugas na tinatangan ang mga masamang anghel (cf. Genesis 6; I Enoch)
   D. *Gehenna*
      1. Ipinaliliwanag nito ang pariralang OT, "ang lambak ng mga anak ni Hinnom," (timog ng Herusalem). Ito ay lugar na ang apoy na diyos ng Phoenicia, *Molech* (BDB 574), ay sinamba sa pamamagitan ng pagaalay ng bata (cf. II Hari 16:3; 21:6; II Cronica 28:3; 33:6), ito ay ipinagbabawal sa Levitico 18:21; 20:2-5.

2. Si Jeremias ay binago ito mula sa isang lugar ng paganong pagsamba sa isang lugar ng paghuhuko ni YHWH (cf. Jeremias 7:32; 19:6-7). Ito ay naging isang lugar ng apoy, walang hanggang paghuhukom sa I Enoch 90:26-27 and Sib. 1:103.
3. Ang Hudyo sa panahon ni Hesus na nangingilabot sa pakikilahot ng kanilang mga ninuno sa paganong pagsamba sa pamamagitan ng pag-aaral ng bata, ay ginawa nilang lugar na pinagtatapunan ng basura para Herusalem. Marami sa mga talinghaga ni Hesus para sa mga walang hanggang parusa ay nanggaling sa tapunang ito (apoy, usok, mga uod, nakakasulasok na amoy, cf. Marcos 9:44,46). Ang salitang *Gehenna* ay ginamit lamang ni Hesus (maliban sa Santiago 3:6).
4. Ang paggamit ni Hesus sa *Gehenna*
   a. apoy, Mateo 5:22; 18:9; Marcos 9:43
   b. pamalagian, Marcos 9:48 (Mateo 25:46)
   c. lugar ng pagkawasak (kapwa kaluluwa at katawan), Mateo 10:28
   d. inihahalintulad sa *Sheol*, Mateo 5:29-30; 18:9
   e. itinatangi ang mga masasama bilang "anak ng impyerno," Mateo 23:15
   f. bunga ng pagpapataw na kaparusahan, Mateo 23:33; Lucas 12:5
   g. ang kaunawaan sa *Gehenna* ay maihahalintulad sa pangalawang kamatayan (cf. Pahayag 2:11; 20:6,14) o sa lawa ng apoy (cf. Mateo 13:42,50; Pahayag 19:20; 20:10,14-15; 21:8). Maaaring ang lawa ng apoy ay magiging pamalagiang lugar na titirhan ng mga tao (mula sa *Sheol*) at mga masamang anghel (mula sa *Tartarus*, II Pedro 2:4; Hudas v. 6 o sa kailaliman, cf. Lucas 8:31; Pahayag 9:1-11; 20:1,3).
   h. hindi ito ginawa para sa mga tao, ngunit para kay Satanas at sa kanyang mga anghel, Mateo 25:41

E. Ito ay maaari, dahil sa pagpapatong ng *Sheol*, *Hades*, and *Gehenna* na
1. sa simula lahat ng mga tao ay mapupunta sa *Sheol/Hades*
2. ang kanilang karanasan (mabuti/masama) is ay papalalain pagkatapos ng Araw ng Paghuhukom, ngunit ang lugar ng mga masasama ay mananatiling katulad ng dati (ito ang dahilan kung bakit isinali ng KJV ang *hades* (libingan) bilang *gehenna* (impyerno).
3. ang nag-iisang talata sa NT na nagbanggit ng pagdurusa bago ang Paghuhukom ay ang parabula sa Lucas 16:19-31 (Lazaro at ang Mayaman). Ang *Sheol* ay inilalarawan din bilang isang lugar ng pagpaparusa ngayon (cf. Deuteronomio 32:22; Awit 18:1-5). Subalit, ang sinuman ay hindi makakabuo ng doktrina sa isang parabula.

III. Panggitnang kalagayan sa pagitan ng kamatayan at muling pagkabuhay

A. Ang NT ay hindi nagtuturo ng "pagiging walang kamatayan ng kaluluwa," na isa sa maraming mga sinaunang pananaw pagkatapos ng buhay.
1. ang mga kaluluwa ng tao ay umiiral na bago pa ang pisikal na buhay
2. ang mga kaluluwa ng tao ay walang-hangan bago at pagkatapos ng pisikal na buhay
3. kadalasang ang pisikal na katawan ay nakikita bilang isang bilangguan at ang kamatayan bilang paglaya pabalik sa dating kalagayan bago ang pag-iral

B. Ang NT ay nagpapahiwatig ng nabuwag na kalalagayan sa pagitan ng kamatayan at muling pagkabuhay
1. Si Hesus ay nagsalita sa pagkakahati sa pagitan ng katawan at kaluluwan, Mateo 10:28
2. Si Abraham ay maaaring nagkaroon ng isang katawan ngayon, Marcos 12:26-27; Lucas 16:23
3. Si Moises at Elias ay may pisikal na katawan sa pagbabagong-anyo ni Hesus, Mateo 17
4. Binigyang-diin ni Pablo na ang Pangalawang Pagparito, ang mga kaluluwa kasama ni Kristo ay makakatanggap muna ng mga katawan, I taga-Thesolonica 4:13-18
5. Binigyang-diin ni Pablo na ang mga mananampalataya ay makatatanggap ng bagong espirituwal na katawan sa araw ng muling pagkabuhay, I taga-Corinto 15:23,52
6. Binigyang-diin ni Pablo na ang mga mananampalataya ay hindi mapupunta sa *Hades*, ngunit sa kamatayan ay kasama ni Hesus, II taga-Corinto 5:6,8; taga-Filipos 1:23. Napagtagumpayan ni Hesus ang kamatayan at kinuha ang mga matutuwid na kasama Niya sa langit, I Pedro 3:18-22.

IV. Ang Langit

A. Ang salita ay ginamit sa tatlong mga diwa sa Bibliya.
1. ang *atmosphere* sa taas ng lupa, Genesis 1:1,8; Isaias 42:5; 45:18
2. ang mabituing kalangitan, Genesis 1:14; Deuteronomio 10:14; Awit 148:4; Hebreo 4:14; 7:26
3. ang lugar ng luklukan ng Diyos, Deuteronomio 10:14; I Hari 8:27; Awit 148:4; taga-Efeso 4:10; Hebreo 9:24 (pangatlong langit, II taga-Corinto 12:2)

B. Ang Bibliya ay hindi naghayag nang marami patungkol sa pagkatapos ng buhay, marahil dahil ang mga nalugmok na mga sangkatauhan ay walang paraan o kakayahan na maunawaan (cf. I taga-Corinto 2:9).

C. Ang langit ay kapwa isang lugar (cf. Juan 14:2-3) at isang persona (cf. II taga-Corinto 5:6,8). Ang langit ay maaaring ipanumbalik sa Hardin ng Eden (Genesis 1-2; Pahayag 21-22). Ang mundo ay malilinis at maibabalik sa dati (cf. Gawa 3:21; taga-Roma 8:21; II Pedro 3:10). Ang larawan ng Diyos (Genesis

1:26-27) ay napanumbalik ni Kristo. Ngayon ang malapit na pakikipag-ugnayan sa Hardin ng Eden ay maaari muli.

Subalit, ito ay maaaring isang talinghaga (ang langit bilang isang malaki, malakubong lungsod sa Pahayag 21:9-27at hindi literal. Inilalarawan ng I taga-Corinto 15 ang pagkakaiba sa pagitan ng pisikal na katawan sa espirituwal na katawan bilang isang binhi sa isang ganap na halaman. Muli, ang I Corinto 2:9 (isang sipi mula sa Isaias 64:4 at 65:17) ay isang dakilang pangako at pag-asa! Nalalaman ko na kapag makita natin Siya, tayo ay magiging katulad Niya (cf. I Juan 3:2).

V. Mga mapagkukunang tulong
   A. William Hendriksen, *The Bible On the Life Hereafter*
   B. Maurice Rawlings, *Beyond Death's Door*

**3:20 "ang pagpapahinuhod ng Diyos ay nanatili"** Ito ay isang tambalan ng *mēkos* (malayo, katiting) at *thumos* (galit). Ito ay isang DI-GANAP NA PANGGITNANG (deponent) MAY PAHIWATIG, na nagpapahiwatig na ang Diyos sa Kaniyang sarili ay nagpapatuloy na maghintay nang paulit-ulit. Ang pagtitiis ng Diyos, mabagay sa paghiganti, mapagmanal na pagtitiyaga ang katangian ng Kaniyang pakikitungo sa mga mapaghimagsik na tao (cf. 3:20; Exodo 34:6; Neh. 9:16-23; Mga Awit 103:8-14; Joel 2:13; Mikas 6:18-20; II Pedro 3:15; taga-Roma 2:4; 9:22). Ang maka-Diyos na katangiang ito ay nahahayag din sa Kaniyang mga anak (cf. II taga-Corinto 6:6; taga-Galacia 5:22; taga-Efeso 4:2; taga-Colosas 1:11; 3:12; I Timoteo 1:16; II Timoteo 3:10; 4:2).

Sa mga sulat ni Pedro, ipinapakita na ang Diyos bilang nagtitiyagang naghihintay at pinipigil ang Kaniyang kahatulan upang maligtas ang mga tao.

1. Siya ay naghintay sa panahon ni Noe, I Pedro 3:20
2. Inaantala Niya ang Ikalawang Pagparito, II Pedro 3:9

Nais ng Diyos na maligtas ang lahat ng mga tao (cf. II Pedro 3:9,15)!

▣ **"nang unang panahon ay mga suwail. . .Noe"** Ito ay tila tumutukoy sa mga anghel ng Genesis 6 (cf. II Pedro 2:4-5; Hudas v. 6) o ang mga di-nananampalatayang mga tao sa panahon ni Noe.

▣ **"ang nangaligtas sa pamamagitan ng tubig"** Sa konteksto, tila si Pedro ay nagdadala ng pangkasaysayang salaysay ni Noe at ang baha bilang isang paraan sa pagpapahayag tungkol sa pagiging "ligtas" (pisikal na pagpapalaya sa OT laban sa espirituwal na kaligtasan ng NT) sa pamamagitan ng tubig (i.e., baha ng OT sa Genesis 6-9 laban sa Kristiyanong bautismo). Kung ang I Enoch ay ang kaligiran, kung gayon, si Noe at kaniyang pamilya (i.e., lahat ng sangkatauhan) ay naligtas sa tubig ng baha mula sa ang kasamaan, magkakahatong lahi ng ang mga tao at mga anghel.

**3:21**

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"ayon sa tunay na kahawig"** |
| **NKJV** | **"gayundin, ito ay isang larawang kahawig"** |
| **NRSV** | **"na paunang larawan"** |
| **TEV** | **"na isang simbolo na nagtuturo sa"** |
| **NJB** | **"na katulad nito"** |

Ito ay ang Griyegong terminong *antitupon*, na isang tambalang ng *anti* (i.e., na laban sa o katumbas sa) at *tupos* (isang larawan o sipi). Ito ay ang tanging halimbawa ng PANG-URI sa NT, ngunit ang PANGNGALAN ay sa Mga Hebreo 9:24. Ang pariralang ito ay nagpapakita ng simboliko, tipolohikong kalikasan ng sanggunian ni Pedro.

▣ **"bautismo"** Ang bautismo ay ang pagkakataon ng sinaunang iglesiya para sa pangmadlang pagpapahayag ng pananampalataya (o pagtatapat) ng isang tao. Iyon ay/ay hindi pamamaraan para sa kaligtasan, ngunit ang pagkakataon ng isang pasalitang pagpapatibay ng pananampalataya. Tandaang ang sinaunang iglesiya ay walang mga gusali at nagtatagpo sa mga bahay o madala sa mga lihim na lugar dahil sa pag-uusig.

Maraming tagapagpuna ang nagsasabing ang I Pedro ay isang pang-bautismong pangangaral. Bagamat ito ay maaari, iyon ay hindi tanging opsyon. Iyon ay totoo na si Pedro ay kadalasang gumagamit ng bautismo bilang isang napakahalaga pagkilos ng pananampalataya (cf. Mga Gawa 2:38,41; 10:47). Gayunman, iyon ay/ay hindi isang pangsakramentong pangyayari, ngunit isang pangyayari ng pananampalataya, na sumisimbulo ng kamatayan, paglibing, at muling pagkabuhay gaya ng mananampalataya na makikilala sa sariling karanasan ni Kristo (cf. taga-Roma 6:7-9; taga-Colosas 2:12). Ang pagkilos ay simboliko, hindi pangsakramento; ang pagkilos ay ang pagkakataon ng pagpapahayag ng pananampalataya, hindi ang pamamaraan ng kaligtasan.

▣ **"ngayon ay nagligtas"** Ang terminong ito ay karamihang ginagamit sa OT para sa pisikal na pagpapalaya, ngunit karamihang ginamit sa NT para sa espirituwal na pagpapalaya. Sa kontekstong ito ng pag-uusig, iyon ay maliwanag na may kapwa kahulugan.

▣ **"kundi sa paghiling ng isang mabuting budhi sa Diyos"** Ito ay nagpapakita na hindi ritwal ng bautismo na

nakapagliligtas, ngunit isang saloobin ng mga mananampalataya patungo sa Diyos (cf. v. 16). Gayunman, nais kong idagdag na ang bautismo ay hindi isang opsyon ngunit (1) isang halimbawa na binigay ni Hesus (cf. Mateo 3:13-17; Marcos 1:9-11; Lucas 3:21-22; Juan 1:31-34 at (2) isang utos mula kay Hesus (cf. Mateo 28:19) para sa lahat ng mga mananampalataya. Ang NT ay walang nalalaman sa mga mananampalatayang hindi na-bautismuhan. Sa NT, ang bautismo ay di-mahihiwalay ang kaugnay sa kapahayagan ng pananampalataya.

Tingnan ang tala sa "budhi" sa 3:16.

▣ **"sa pamamagitan ng pagkabuhay na maguli ni Hesukristo"** Ito ay nagpapakita na ang diwa ng kaligtasan ay sa muling pagkabuhay ni Hesus (cf. taga-Roma 1:4-5), hindi sa ating bautismo. Ang linya ng kaisipan ay maliwanag na makikita sa taga-Roma 6:3-4. Ang bautismo sa pamamagitan ng paghahambing, sa paglubog, ay sumisimbulo ng kamatayan, paglibing, at muling pagkabuhay. Sa katotohanan, ang pamamaraan ay hindi kasing halaga sa puso ng babautismuhan.

**3:22 "nasa kanan ng Diyos"** Ito ay isang antropomorpikong talinghaga ng awtoridad, kapangyarihan, at katanyagan (cf. I Juan 2:1). Ang paglalarawang ito ay kinuha mula sa Mga Awit 110:1.

Ang Bibliya ay gumagamit ng pantaong wika sa naglalarawan ng mga higit sa karaniwang mga tao, mga lugar at mga pangyayari. Iyon ay maliwanag na paghahambing, simboliko, at matalinghaga. Iyon ay may kakayahang ipahayag ang katotohanan, ngunit sa loob ng mga hangganan (mga hangganan ng (1) ating nalugmok na pantahong pang-unawa at (2) ang pisikal, panahong may hangganan, pangkulturang pagiging tangi nito). Iyon ay sapat, ngunit hindi pangwakas.

▣ **"ipinasakop sa kaniya ang mga anghel at ang mga kapamahalaan ang mga kapangyarihan"** Ito ay tila tumutukoy sa pang-anghel na mga antas (cf. taga-Roma 8:38-39; I taga-Corinto 15:24; taga-Efeso 1:20-21, 6:12; taga-Colosas 2:15; I Enoch). Iyon ay nagpapakita ng lubusang awtoridad at kapangyarihang sa espirituwal na kaharian ni Kristo.

Bagamat I Pedro ay hindi tuwirang naghahayag ng Nostisimo, iyon ay maliwanag mula sa iba pang mga sulat ng NT (taga-Colosas, taga-Efeso, I Timoteo, Tito, at I Juan) na ang pangkulturang konteksto ng unang siglong Greco-Romananong mundo ay naaapektuha ng ganitong pilosopiko/teolohikong pag-iisip. Sa ikalawang siglong nostisismo (at ang mga tekstong Nag Hammadi) ang Griyegong terminong *pleroma* (lubusan), na madalas na ginagamit ni Pablo, ay tumutukoy sa "kalubusan ng Diyos," ang pang-anghel na mga antas (*aeons* i.e., maaaring ang Hudyong pitong kalangitan) sa pagitan ng isang mataas na mabuting diyos at mga mababang diyos. Si Hesus ang susi sa langit, hindi lihim na mga hudyat o kaalamang kaugnay sa namamagitang pang-anghel/demonyong nilalang.

Kahit na kung ang Nostiong *aeons* ay hindi ang pagtuon ng talat, iyon ay tila sa mga anghel! Ipinapahiwatig nito na ang "mga espiritu sa bilangguan" ay tumutukoy sa mga masuwaying anghel na kumuha ng mga kababaihan at gumawa ng mga anak (cf. Genesis 6:1-4).

### NATATANGING PAKSA: NOSTISISMO (mula sa Griyegong salita na *gnosis*, na nangangahulungang "kaalaman," cf. Timoteo 6:20)
### (GNOSTICISM (from Greek word *gnosis*, which means "knowledge," cf. I Tim. 6:20))

I. Ang kalagayan ng unang siglo

Ang Romanong mundo ng unang siglo ay ang panaho ng eklektisismo sa pagitan ng Silangan at Kanlurang relihiyon. Ang mga diyos ng Griyego at Romanong mga pantheon ay masama ang pagkilala. Ang mga relihiyon ng hiwaga ay napakasikat dahil sa kanilang pagbibigay-diin sa personal na pakikipag-ugnayan sa diyos at lihim na kaalaman. Ang sekular ng Griyegong pilosopiya ay sikat at sumasanib sa ibang mga pananaw-mundo. Sa mundong ito ng eklektikong relihiyon ay nagmula ang pagtatangi ng Kristiyanong pananampalataya (si Hesus ang tanging daan sa Diyos, cf. Juan 14:6). Kung anuman ang tiyak na kaligiran ng kamalian, ito ay isang pagtatangka na pasubalian ang pagtatangi ng Kristiyanismo (i.e., Juan 14:6; 1 John 5:12) at katanggap-tanggap sa kaalaman sa isang mas malawak na Griyego-Romanong mambabasa. Ito ay maaaring ang Nostikong kaisipan ay nagsimula sa maliit na sektang pang-Hudyo (i.e., isang halimbawa: sektang DSS). Ito ang maaaring magpaliwanag ng pang-Hudyong sangkap ng mga aklat ng NT sa Nostisismo.

II. Ilan sa mga pangunahing simulain ng kamalian sa pamamagitan ng panloob na katibayan mula sa 1 Juan.
   A. isang pagtatanggi sa pagkakatawang-tao ni Hesukristo
   B. isang pagtatanggi sa pagiging-sentro ni Hesukristo sa kaligtasan
   C. kakulangan ng isang nararapt ng Kristiyanong pamumuhay
   D. isang pagdidiin sa kaalaman (kasalasang lihim)
   E. isang pagkahilig sa paggiging natatangi at elitismo

III. Panimulang Nostisismo ng unang siglo
   A. Ang mga saligang katuruan ng Panimulang Nostisismo ng unang siglo ay tila sa pagbibigay-diin sa ontolohikong (walang-hanggan) na dualismo sa pagitan ng espiritu at bagay. Ang Espiritu (mataas na diyos) ay pinagpapalgay na mabuti, habang ang bagay ay likas na masama. Ang dalawang bahagi ay binubuo ng
      1. uliran laban sa pisikal na platonismo

2. makalangit laban sa makamundo
3. di-nakikita laban sa nakikita
Mayroon ding pagbibigay-diin sa kahalagahan ng lihim na kaalaman (mga password o lihim na kodigo na nagpapahintuloy sa isang kaluluwa na pumasok sa pamamagitan ng mga maka-anghel na kabilugan [*aeons*] patungo sa mataas na diyos) na kinakailangan para sa kaligtasan.
4. maaaring isang impluwensiya mula sa Zoroastrianismo

B. Mayroon dalawang anyo ng Pasimulang Nostisismo na tila maaaring kaligiran ng 1 Juan
1. Dosetikong Nostisismo, na itinatanggi ang tunay na pagkatao ni Hesus dahil ang bagay ay masama
2. Cerinthianong Nostisismo, na kinikilala ang Kristo sa isa sa maraming aeons or mga maka-anghel na antas sa pagitan ng mabuting mataas ng diyos at masamang bagay. Ang "Kristiong Espiritu" ay nananahan sa taong Hesus sa kaniyang bautismo at iniwan siya bago ang pagpapapako sa krus.
3. sa dalawang pangkat na ito, ang ilan sa tila gumagawa ng asetisismo (kung ninanais ito ng katawan, ito ay masama), ang ibang antinomianismo (kung ninanais ng katawan)

C. Walang naisulat na katibayan ng isang maunlad na sistema ng Nostisismo noong unang siglo. Ito ay lumitaw noong gitnang bahagi ng ikalawang siglo na makikita ang naisulat na katibayan (tingnan ang Nag Hammadi Texts). Para sa mas higit na impormasyon sa "Nostisismo," tingnan ang
1. *The Gnostic Religion* ni Hans Jonas, inilimbang ng Beacon Press
2. *The Gnostic Gospels* ni Elaine Pagels, na inilimbag ng Random House
3. *The Nag Hammadi Gnostic Texts and the Bible* ni Andrew Helmbold

IV. Ang Maling Pananampalataya Ngayon

A. Ang espiritu ng kamaliang ito ay makikita sa atin ngayon kapag sinusubukan nang taong paghaluin ang Kristiyanong katotohanan kasama ng ibang sistema ng kaisipan.

B. Ang espiritu ng kamaliang ito ay makikita sa atin ngayon kapag ang mga tao ay nagbibigay-diin sa "tamang" doktrina na naghihiwalay ng personal na pakikipag-ugnayan at pamumuhay na pananampalataya.

C. Ang espiritu ng kamaliang ito ay makikita sa atin ngayon kapag ang mga tao pumipihit sa Kristiyanism bilang isang natatanging pangkaisipang elitismo.

D. Ang espiritu ng kamaliang ito ay makikita sa atin ngayon kapag ang mga relihilyosong tao ay bumabaling sa asetisismo or antinomyanismo bilang pinakamahusay na paraan upang maghanap ng pagkiling sa Diyos.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ang mga manunulat ba ng NT ay *male chauvinists*?
2. Paano dapat manamit ang mga babae? (Ipadala para sa aking tape #1337 na pinamagatang "Isang Teolihiya ng Kristiyanong Kasuotan")
3. Paano makakaapekto ang ating pakikipag-ugnayan sa pamilya sa ating mga panalangin?
6. Itala ang mga katangian na gagabay sa ating mga panlipunang ugnayan.
7. Bakit nagdurusa ang mga Kristiyano?
8. Bawat Kristiyano ba ay dapat maging isang saksi sa salita?
9. Sino ay ang mga espiritu sa bilangguan?
10. Makapagliligtas ba sa atin ang bautismo? (Ipadala para sa aking tape #1962 na pinamagatang "*Baptismal Regeneration*")

# I PEDRO 4

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Mabuting Mga Katiwala ng Biyaya ng Diyos | Pagdurusa ni Kristo at sa Atin<br>(3:18-4:6) | Ang Mga Pananagutan ng mga Kristiyano<br>(2:11-4:11) | Binagong Mga Buhay | Ang Pagsira sa Kasalanan |
| 4:1-6 | | 4:1-6 | 4:1-6 | 4:1-6 |
| | Paglilingkod para sa Kaluwalhatian ng Diyos | | Mabuting Tagapamahala ng Mga Kaloob ng Diyos | Ang Pahayag ng Kristo ay Nagtapos |
| 4:7-11 | 4:7-11 | 4:7-11 | 4:7-11 | 4:7-11 |
| Pagdurusa Bilang Isang Kristiyano | Pagdurusa para sa Kaluwalhatian ng Diyos | Paglalagom | Pagdurusa bilang Isang Kristiyano | Pagdurusa para sa Kristo |
| 4:12-19 | 4:12-19 | 4:12-19 | 4:12-19 | 4:12-19 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito ay isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng pagpapaliwanag. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata

2. Pangalawang talata

3. Pangatlong talata

4. Atbp.

### PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 4:1-6**

**[1]Kung paano ngang si Kristo ay nagbata sa laman, ay magsandata rin naman kayo ng gayong pagiisip;
sapagkat siya na nagbata sa laman ay nagpapatigil sa kasalanan; [2]Upang huwag na kayong mangabuhay sa
laman sa inyong nalalabing panahon sa mga masamang pita ng mga tao, kundi sa kalooban ng Diyos. [3]Sapagkat
sukat na ang nakaraang panahon upang gawin ang hangad ng mga Hentil, at lumakad sa kalibugan, sa mga
masamang pita, sa mga paglalasing, sa mga kalayawan, sa mga kayamuan, at sa kasuklamsuklam na pagsamba
sa mga diosdiosan: [4]Ikinahahanga nila ang bagay na ito na kayo ay hindi nakikitakbong kasama nila sa gayong
pagpapakalabis ng kaguluhan, kung kayat kayo ay pinagsasalitaan ng masama: [5]Na sila ay magbibigay sulit sa
kaniya na handang humukom sa mga buhay at sa mga patay. [6]Sapagkat dahil dito'y ipinangaral maging sa mga
patay ang ebanghelyo, upang sila, ayon sa mga tao sa laman ay mangahatulan, datapuwat mangabuhay sa
espiritu ayon sa Diyos.**

**4:1 "Kung"** Ito ay nauugnay sa nakalipas na pagtalakay sa kung anong sinusundan.

**"Kristo ay nagbata sa laman"** Ito ay nauugnay sa 3:18. Ang laman ay tumutukoy pisikal na buhay ni Hesus. Siya ay tunay na isa sa atin (i.e., tao). Siya ay namatay para sa ating lugar (cf. v. 18; Isaias 53; Marcos 10:45; II taga-Corinto 5:21). Binibigyang-diin ng I Pedro ang pagdurusa ni Kristo (cf. 2:21,23; 3:18; 4:1) at ang katotohanan ng pagdurusa ng Kaniyang mga tagasunod dahil sila ay sumusunod sa Kaniya (cf. 2:19-20; 3:14,17; 4:15,19; 5:10).

Ang panghaliling kalikasan ng pagdurusa ni Kristo na binanggit sa 3:18 at 2:21 ay pinapatingkad ng maraming Griyegong manuskritong sa pagdagdag ng "nagdus para sa iyo" (i.e., א) o "para sa atin" (i.e., א[c], A, K, at P).

Ang parehong uri ng PANGHALIP na tumutukoy sa pagdaragdag ay makikita din sa v. 3. Ang mga eskriba ng sinaunang iglesiya ay sinubukang bigyang-linaw ang kanilang mga teksto.

▣ **"magsandata rin naman kayo"** Ito ay isang AORIST PANGGITNANG PAUTOS. Ang "sandata" ay isang panghukbong termino para sa paglalagay ng mabigat na sandata at paghahanda para sa digmaan. Mayroong isang espirituwal na labanan sa ating pang-araw-araw na pamumuhay (cf. taga-Efeso 6:10-20; taga-Roma 13:12; I taga-Thesalonica 5:8).

▣ **"ng gayong pagiisip"** Ang pag-uugali ni Hesus patungo sa pagdurusa, kasama ang walang-kasalanang pagdurusa, ay iyon ay karaniwan para sa maka-Diyos na sa isang nalugmok sa espirituwal na mundo (cf. Juan 15:20; taga-Roma 8:17; taga-Filipos 1:29; II Timoteo 3:12; I Pedro 4:12-19).

▣ **"sapagkat siya na nagbata sa laman ay nagpapatigil sa kasalanan"** Ang pariralang ito ay maaaring maipaliwanag sa maraming paraan batay sa gramatikong anyo. Si Kristo ay ating halimbawa sa walang-kasalanang pagdurusa, kahit na sa kapakanan ng ibang tao (AORIST GANAP NA PANDIWARI). Ang mga mananampalataya ngayon ay kinapapalooban ng pagdurusa dahil ng kanilang pagkakilanlan kasama Niya.

Ang pangunahing PANDIWA ay alinman PANGGITNA (A. T. Robertson, *Word Pictures of the New Testament*, p. 121) o BALINTIYAK (Moulton, *Analytical Greek Lexicon* at Barbara at Tim Friberg, *Analytical Greek New Testament*). Kung iyon ay PANGGITNA, iyon ay paghihimok sa mga mananampalataya na maging aktibo sa hindi pagkakasala gaya ng mga tagasunod ng halimbawa ni Kristo. Kung BALINTIYAK iyon ay nagbibigay-diin sa espirituwal na katotohanan ng pagpapalaya sa mananampalataya mula sa kapangyarihan ng kasalanan.

Ang kamatayan ay pinapawalang-bisa ang pakikipag-ugnayan sa kasalanan. Ito ay kaugnay sa mga teolohikong konsepto ng taga-Roma 6. Ang kamatayan sa lumang buhay ay nagdadala ng potensyal na paglilingkod sa Diyos (cf. taga-Roma 6:2,6,7) o bautismo na sumasagisag sa isang kabaguhan ng buhay (cf. taga-Roma 6:4; taga-Colosas 2:12).

Ang buong punto ay bilang mga mananampalataya na sumusunod sa halimbawa ng pagdurusa ni Kristo, gayundin, ang Kaniyang halimbawa ng tagumpay laban sa kasalanan. Tayo ay bagong nilalang kay Kristo! Kinakailangan tayo mabuhay ng tulad nito. Ang pagiging wangis kay Kristo ay ang kalooban ng Diyos (cf. taga-Roma 8:28-29; II taga-Corinto 3:18; 7:1; taga-Galacia 4:19; taga-Efeso 1:4; 4:13; I taga-Thesalonica 3:13; 4:3,7; 5:23; I Pedro 1:15). Iyon ay nagpapakilala ng katotohanan na ang larawan ng Diyos na nawala sa Pagkahulog (cf. Genesis 3) ay lubusang naipanumbalik sa Kristo. Ang mga Kristiyano ay may isa muling pagpili sa kung papaano sila mamumuhay. Sila ay hindi na mga alipin ng kasalanan! Lumakad sa Kaniya!

**4:2 "Upang huwag na kayong mangabuhay sa laman sa inyong nalalabing panahon sa mga masamang pita ng mga tao"** Ito ay nagpapakilala ng katulad na teolohikong katotohanan gaya sa taga-Roma 6. Ang mga mananampalataya ay namatay na sa kasalanan at ngayon ay nabuay sa paglilingkod ng Diyos (cf. taga-Roma 6:20). Ang kaligtasan ay isang bagong buhay, isang bagong paglalang. Iyon ay may makikitang mga katangian.

▣ **"kundi sa kalooban ng Diyos"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Kalooban ng Diyos sa I Pedro 2:15.

**4:3** Ang talatang ito ay isang kahatulan sa nakalipas na buhay ng paganismo ng mga mambabasa. Ito ay isang sa mga talatang nagdudulot sa mga tagapagpaliwanag na magbigay-diin na ang mga iglesiya na sinusulatan ni Pedro ay karamihang mga Hentil na pagtitipon. Ang paganong lipunan ay napakaimoral, kahit na sa kanilang mga kagawian sa pagsamba. Ang Kristiyanismo ay dapat na gumawa ng napapansing naiiba at dramatikong pagbabago sa mga kinaugaliang pamumuhay. Ang mga pagbabagong ito ay kadalasang pagsisimula ng pag-uusig ng iba pang mga pagano. Minamahal ng kasalanan ang pagsasama.

Pagkatapos ng panimulang "para sa," ilang mga Griyegong teksto ay nagdadagdag ng "ikaw" at ang iba ay "natin." Ang mga ito ay kapwa pang-eskribang pagdaragdag na sinusubukang bigyang-linaw ang pagpaparirala ng may-akda.

## NATATANGING PAKSA: MGA MASAMANG HILIG (BISYO) AT MGA KAGALINGAN SA NT (VICES AND VIRTUES IN THE NT)

Ang mga tala ng kapwa mga masamang hilig (bisyo) at mga kagalingan ay karaniwan NT. Kadalasang sila ay nagpapakita sa kapwa rabinikal at kultural (Helenistiko) na mga tala. Ang mga tala sa NT ng magkakasalungat na mga katangian ay makikita sa:

| | Mga Masamang Hilig | Mga Kagalingan |
|---|---|---|
| 1. Pablo | taga-Roma 1:28-32 | --- |
| | taga-Roma 13:13 | taga-Roma 12:9-21 |
| | I taga-Corinto 5:9-11 | --- |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | I taga-Corinto 6:10 | I taga-Corinto 6:6-9 |
| | | II taga-Corinto 12:20 | II taga-Corinto 6:4-10 |
| | | taga-Galacia 5:19-21 | taga-Galacia 5:22-23 |
| | | taga-Efeso 4:25-32 | --- |
| | | taga-Efeso 5:3-5 | --- |
| | | --- | taga-Filipos 4:8-9 |
| | | taga-Colosas 3:5,8 | taga-Colosas 3:12-14 |
| | | I Timoteo 1:9-10 | --- |
| | | I Timoteo 6:4-5 | --- |
| | | II Timoteo 2:22a,23 | II Timoteo 2:22b,24 |
| | | Tito 1:7, 3:3 | Tito 1:8-9; 3:1-2 |
| 2. | Santiago | Santiago 3:15-16 | Santiago 3:17-18 |
| 3. | Pedro | I Pedro 4:3 | I Pedro 4:7-11 |
| | | II Pedro 1:9 | II Pedro 1:5-8 |
| 4. | Juan | Pahayag 21:8; 22:15 | --- |

▣ **"at lumakad sa"** Ito ay isang GANAP NA PANGGITNANG PANDIWARI. Ang mga di-mananampalataya ay itinakdang may layunin at palagian ang kanilang daan sa sarili at kasalanan.

▣
**NASB** **"kalibugan"**
**NKJV, NRSV** **"kahalayan"**
**TEV** **"kalaswaan"**
**NJB** **"umaasal sa isang masamang paraan"**

Ang terminong ito ay nagpapahiwatig isang lubusang kawalan ng pagtitimpi sa sarili, isang pinagpasyahang paglabag sa mga panlipunang pamantayan, lalo na sa sekswal na bahagi (cf. Marcos 7:22; taga-Roma 13:13; II taga-Corinto 12:21; taga-Galacia 5:19; taga-Efeso 4:19; I Pedro 4:3; II Pedro 2:7,18; Hudas 6).

▣ **"mga masamang pita"** Ang terminong ito ay nangangahulugang malakas na pagnanasa sa anumang bagay o isang tao. Ang matinding pagkahumaling ay maaaring paayon o positibo (cf. Lucas 22:15; I Timoteo 2:1; I Pedro 1:12), ngunit kadalasang iyon ay pasalungat o negatibo (cf. I Pedro 1:14; 2:11; 4:2,3; II Pedro 1:4; 2:10,18; 3:3; Marcos 4:19).

▣ **"mga paglalasing"** Ito ay isang tambalang termino, na matatagpuan lamang dito sa NT ng "alak" (*oinos*) at "magbuga" (*phluō*). Ang sinaunang mundo ay umiinom ng alak ng palagian, gaya ng ginagawa ni Hesus (cf. Mateo 11:18-19) at ng sinaunang iglesiya. Ang kalabisan nito ang ipinagbabawal (cf. Kawikaan 23:29-35; taga-Roma 13:13; taga-Galacia 5:21).

## NATATANGING PAKSA: BIBLIKAL NA SALOOBIN PATUNGKOL SA ALKOHOL AT PAGKAGUMON SA ALKOHOL (BIBLICAL ATTITUDES TOWARD ALCOHOL AND ALCOHOLISM)

I. Biblikal na mga Salita
   A. Lumang Tipan
      1. *Yayin* – Ito ang pangkalahatang Salita para sa alak (BDB 406, KB 409), na ginamit ng 141 beses. Ang pinagmulang salita ay di tiyak dahil hindi ito nag-ugat sa Hebreo. Ito ay laging nangangahulugang pinangasim na katas ng bunga, kadalasan ay ubas. Ilang mga tipikal na sipi ay ang Genesis 9:21; Exodo 29:40; Bilang 15:5,10.
      2. *Tirosh* – Ito ay "bagong alak" (BDB 440, KB 1727). Dahil sa ma-klimang kondisyon ng Near East, nagsisimula ang pagpapaasim makalipas ang anim na oras matapos ang pagkakatas sa bunga. Ang salitang ito ay tumutukoy sa proseso ng pagpapaasim. Para sa ilang mga tipikal na sipi tignan ang Deuteronomio 12:17; 18:4; Isaias 62:8-9; Osea 4:11.
      3. *Asis* – Ito ay halatang isang alkohol na inumin ("matamis na alak," BDB 779, KB 860, e.g. Joel 1:5; Isaias 49:26).
      4. *Sekar* – Ang Salitang ito ay "malakas na pag-inom" (BDB 1016, KB 1500). Ang ugat na Hebreo ay ginamit sa Salitang "lasing" o "lasenggero ." Mayroon itong bagay na idinagdag para ito ay maging nakakalalasing. Ito ay kahanay sa *yayin* (cf. Kawikaan 20:1;31:6; Isaias 28:7).
   B. Bagong Tipan

1. *Oinos* – ang Griyegong kapantay ng of *yayin*
2. *Neos oinos* (bagong alak) – ang Griyegong kapantay ng *tirosh* (cf. Marcos 2:22).
3. *Gleuchos vinos* (matamis na alak, *asis*) – alak sa unang baitang pagpapaasim (cf. Gawa 2:13).

II. Biblikal na Gamit

A. Lumang Tipan
1. Ang alak ay kaloob ng Diyos (Genesis 27:28; Awit 104:14-15; Ecclesiastes 9:7; Osea 2:8-9; Joel 2:19,24; Amos 9:13; Zacarias 10:7).
2. Ang alak ay bahagi ng sakripisyong paghahandog (Exodo 29:40; Levitico 23:13; Bilang 15:7,10; 28:14; Deuteronomio 14:26; Hukom 9:13).
3. Ang alak ay ginagamit bilang isang gamot (II Samuel 16:2; Kawikaan 31:6-7).
4. Ang alak ay maaaring maging isang tunay na suliranin (Noe – Genesis 9:21; Lot – Genesis 19:33,35; Samson – Hukom 16; Nabal – I Samuel 25:36; Urias – II Samuel 11:13; Amnon – II Samuel 13:28; Elah – I Hari 16:9; Benhadad – I Hari 20:12; mga pinuno – Amos 6:6; ang mga kababaihan – Amos 4).
5. Ang alak ay maaring abusuhin (Kawikaan 20:1; 23:29-35; 31:4-5; Isaias 5:11,22; 19:14; 28:7-8; Osea 4:11).
6. Ang alak ay ipinagbabawal sa ilang mga pangkat (mga saserdoteng kasalukuyang nakatalaga, Levitico 10:9; Ezekiel 44:21; mga Nazarito, Bilang 6; at mga namumuno, Kawikaan 31:4-5; Isaias 56:11-12; Osea 7:5).
7. Ang alak ay ginamit sa ekastolohikal na mga tagpuan (Amos 9:13; Joel 3:18; Zacarias 9:17).

B. *Interbiblikal*
1. Ang alak sa mahinahong pag-inom ay labis na nakakatulong (Ecclesiasticus 31:27-30).
2. Ang sabi ng mga rabi o gurong Hudyo , "Ang alak ay ang higit sa lahat ng mga medisina, kung saan kulang ang alak, tiyak higit na kailangan ang mga gamot" (BB 58b).

C. Bagong Tipan
1. Binago ni Hesus ang madaming tubig na maging alak (Juan 2:1-11).
2. Uminom si Hesus ng alak (Mateo 11:18-19; Lucas 7:33-34; 22:17ff).
3. Si Pedro ay inakusahan sa paglalasing ng "bagong alak" sa Pentecost (Mga Gawa 2:13).
4. Ang alak ay maaring gamitin bilang medisina (Marcos 15:23; Lucas 10:34; I Timoteo 5:23).
5. Ang mga pinuno ay hindi dapat maging abusado. Hindi ito nangangahulugan ng lubusang pag-iwas (I Timoteo 3:3,8; Tito 1:7; 2:3; I Pedro 4:3).
6. Ang alak ay ginamit sa ekastolohikal na mga tagpuan (Mateo. 22:1ff; Pahayag 19:9).
7. Ang paglalasing ay nakalulungkot (Mateo 24:49; Lucas 12:45; 21:34; I taga-Corinto 5:11-13; 6:10; taga-Galacia 5:21; I Pedro 4:3; taga-Roma 13:13-14).

III. Teolohikong na pagkakaunawa

A. Diyalektikong pag-iigting
1. Ang alak at kaloob ng Diyos.
2. Ang paglalasing ay isang pangunahing suliranin.
3. Ang mananampalataya sa ilang mga kultura ay dapat limitahan ang kanilang kalayaan alang-alang sa ebanghelyo (Mateo 15:1-20; Marcos 7:1- 23; I taga-Corinto 8-10; taga-Roma 14).

B. Ang pagkahilig na lumagpas sa itinakdang mga hangganan
1. Ang Diyos ang pinagmumulan ng lahat ng mabubuting mga bagay.
   a. pagkain – Marcos 7:19; Lucas 11:44; 1 taga-Corinto 10:25-26
   b. lahat ng mga bagay na malilinis – taga-Roma 14:14, 20; 1 Timoteo 4:4
   c. lahat ng mga bagay na naaayon sa kautusan – 1 taga-Corinto 6:12; 10:23
   d. lahat ng mga bagay na dalisay – Tito 1:15
2. Ang lugmok na sangkatauhan ay inabuso ang kaloob ng Diyos sa pamamagitan ng paglagpas sa itinakdang hangganan ng Diyos.

C. Ang pag-abuso ay nagmumula sa atin, hindi sa mga bagay. Walang masama sa pisikal na nilikha (tingnan ang B. 1. sa itaas).

IV. Unang Siglong Maka-Hudyong Kultura at Pagpapaasim

A. Ang pagpapaasim ay nagsisimula ng mabilisan, halos anim na oras matapos na mapiga ang ubas.

B. Sinasabi ng tradisyon ng Hudyo na kapag may maliit na bula ang lumitaw sa ibabaw ( tanda ng pagaasim), ito ay maaring maging alak- katiting na bahagi (*Ma aseroth* 1:7). Ito ay tinawag na "bagong alak" o "matamis na alak."

C. Ang pangunahing matinding pagpapaasim ay nakokompleto pagkatapos ng isang lingo.

D. Ang ikalawang bahagi ng pagaasim ay inaabot ng 40 araw. Sa ganitong kalgayan ityo itinuturing na "pnatandang alak" at maaring ialay sa altar (*Edhuyyoth* 6:1).

E. Ang alak na inilagak sa kanyang lumang alak ay itinuturing na mabuti, ngunit kailangan muna itong salain bago gamitin.

F. Ang alak ay itinuturing na maayos na pinatanda kadalasan ay inaabot ng isang taon ng pagpapaasim. Tatlong taon ang pinakamahabang takdang panahon ng alak na ligtas itong naka-imbak. Tinatawag iton "matandang alak" at kailangan na haluan ng tubig.
G. Tanging sa nakalipas na 100 taon na may malinis na kilalagayan at nagdadagdag ng kemikal na sangkap ay ang pagpapaasim ay napapatigil. Ang sinaunang mundo ay di kayang pigilan ang natural na proseso ng pagpapaasim.

V. Pangwakas na Paglalahad
A. Siguraduhing ang iyong karanasan, teolohiya , at biblikal na pagpapaliwanag ay hindi nakakapagpababa kay Hesus at sa kultura ng unang siglong Hudyo/Kristyano. Sila ay kapansin-pansin hindi buong lakas na umiiwas.
B. Hindi ko itinataguyod ang panlipunang gamit ng alkohol. Gayunman, marami ang nagbibigay diin sa posisyon ng Biblia sa paksang ito at ngayon ay nag-aangkin na mataas na antas ng kabanalan batay sa kultura/denominasyonal na pagkiling.
C. Para sa akin, ang taga-Roma 14 at I taga-Corinto 8-10 ay nagbigay ng mga kaunawaan at patnubay batay sa pag-ibig at respeto para sa kapwa mga mananampalataya at ang pagkalat ng ebanghelyo sa ating kultura, hindi personal na kalayaan o kritisismong paghuhusga. Kung ang Biblia ang tangin pinagmumulan ng ating paniniwala at kaugalian, kung gayon marahil dapat lahat tayo ay muling isaisip ang usaping ito.
D. Kung patuloy nating pagtutulakan ang tahasang pag-iwas bilang kalooban ng Diyos, anu ang ipinahihiwatig natin kay Hesus, at sa ilang mga modernong kultura na regular na gumagamit ng alak (e.g., Europa, Israel, Argentina).

▣
**NASB** **"mga kalayawan"**
**NKJV** **"mga magugulong pagsasaya"**
**NRSV** **"mga layaw"**
**TEV** **"mga kawalang-habas"**

Ang terminong ito *kōmos* ay kaugnay sa Griyegong termino para sa nayon, *kōmē*. Iyon ay nagpapahiwatig isang malaking pang-komunidad na pistang pagtitipon na kinapapalooban ng kalabisan sa pagkain, pag-inom, at walang-pigil na sekswal na gawain (cf. taga-Roma 13:13; taga-Galacia 5:21).

▣ **"mga kayamuan"** Ang terminong ito ay kaugnay sa nakalipas na termino. Ang NJB ay pinagsama sila sa "mga pagkakaroon ng padalos-dalos na pagtitipon at langong pagtatalik."

▣
**NASB, NKJV** **"kasuklamsuklam na pagsamba sa mga diosdiosan"**
**NRSV** **"magulong pagsamba"**
**TEV** **"nakakasuklam ng pagsamba sa mga idolo"**
**NJB** **"lapastangang pagsamba sa mga bulaang diyos"**

Ang talang ito ng mga kasalanan ay nauugnay sa paganong pagsambang mga gawain na kadalasang kinapapaloban ng kalabisan sa pag-inom, pagkain, at sekswal na imoralidad na pinaka-karaniwang uri. Iyon ay katulad sa Cananeong pagpapayabong na pagsamba na lubhang sinusumpa sa OT.

**4:4** Ang talatang ito ay nauugnay sa 2:12,15; 3:16. Ang mga Kristiyano ay di-maunawaan at sinasalakay dahil (1) sa kanilang pamumuhay at mga pagpili na nabago na lubhang maliwanag at radikal na napapansin ng pamilya, mga kaibigan, at mga kapitbahay at (2) ilang mga Kristiyanong termino at mga gawain ay mali ang pagkakaunawa (i.e., mga pistang pag-ibig bilang insesto o maling ugnayan, Hapunan ng Panginoon bilang kanibalismo, atbp.).

**4:5 "sila ay magbibigay sulit sa kaniya na handang humukom"** Ang kahatulan ay may katiyakan (cf. Mateo 12:36; Mga Hebreo 9:27; 10:27; II Pedro 2:4,9; 3:7). Ang isang humahatol ay
1. ang Diyos (cf. taga-Roma 2:2-3; 14:10,12; I Pedro 1:17; 2:23; Pahayag 20:11-15)
2. si Kristo (cf. Juan 9:39; Mateo 16:27; 25:31-46; Mga Gawa 10:42; 17:31; II taga-Corinto 5:10; II Timoteo 4:1)
3. ang Ama sa pamamagitan ng Anak (cf. Juan 5:22-27; Mga Gawa 17:31; taga-Roma 2:16)

Ang kahatulan ay isang di-nakakalugod na paksa, ngunit isang inuulit na paksa sa Bibliya. Iyon ay batay sa maraming matitibay na biblikal na mga katotohanan.
1. Ito ay isang moral na sanlibutan na nilikha ng isang wastong (etikal) Diyos (aanihin nating kung anong tinanim natin, cf. taga-Galacia 6:7).
2. Ang sangkatauhan ay nalugmok; tayo ay naghimagsik.
3. Hindi ito ang mundo na ninanais ng Diyos na maging.
4. Ang lahat ng mga nilalalang na may kamalayan (mga anghel at ang mga tao) ay magbibigay-sulit sa kanilang

Manlilikha para sa kaloob na buhay. Tayo ay mga katiwala.

5. Ang walang-hanggan ay palagiang itatakda ng ating mga pagkilos at mga pagpiling ginawa sa buhay na ito.

▣ **"mga buhay at sa mga patay"** Ito ay nangangahulugang lahat ng ang mga tao, kapwa sa kanilang nabubuhay at sa kanilang namatay na (cf. taga-Filipos 2:10; Pahayag 2:13).

**4:6 "Sapagka't dahil dito'y ipinangaral maging sa mga patay ang ebanghelyo"** Mayroong maraming mga teoriya patungkol sa parirala ito:

1. iyon ay nauugnay sa 3:18-20 (i.e., "ang mga espiritu sa bilangguan")
2. iyon ay tumutukoy sa lahat ng mga tao dahil ang lahat ng mga tao, mga mananampalataya at mga di-mananampalataya, ay mamamatay sa pisikal dahil ng kasalanan (kaagapay sa v. 5)
3. iyon ay tumutukoy sa kanila na tumugon sa ebanghelyo ngunit ngayon ay namatay na (kapwa MGA AORIST BALINTIYAK)
4. iyon ay tumutukoy sa patay sa espiritu (i.e., ang lost) ayon kina Augustino, Bede, Erasmo, at Luther (cf. Lucas 15:24,32; taga-Efeso 2:1,5; 5:14; taga-Colosas 2:13)

Ang huling teoriyang ito ay nagpapanukala na ang ilan (i.e., sa kanila na hindi nakarinig ng ebanghelyo) ay tatanggap ng isang pagkakataon na tanggapin si Kristo pagkatapos ng kamatayan. Ang teoriyang ito ay kaakit-akit sa pantaong katuwiran, ngunit lubusang banyaga sa kabuuan ng Banal na Kasulatan (i.e., Mga Hebreo 9:27). Itinatanggi nito ang pangangailangan sa pagmamali at pangangailangan ng pag-ebanghelyo at mga misyon ngayon! Sa aking palagay, ang opsyon 1 o 3 ang pinaka-umaakma sa konteksto.

▣ **"sila, ayon sa mga tao sa laman ay mangahatulan, datapuwat mangabuhay sa espiritu"** Ang pariralang ito ay katulad na katulad sa paglalarawan ni Hesus sa 3:18. Pinapatunayan nito ang katotohanan ng isang kabilang buhay. Ang Bibliya ay maliwanag tungkol sa isang muling pagkabuhay ng kapwa naligtas at napahamak (cf. Daniel 12:2; Mateo 25:46; Juan 5:28-29; Mga Gawa 24:15).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 4:7-11

**[7]Ngunit ang wakas ng lahat ng mga bagay ay malapit na: kayo nga'y mangagpakahinahon, at mangagpuyat sa pananalangin: [8]Na una sa lahat ay maging maningas kayo sa inyong pagiibigan; sapagkat ang pagibig ay nagtatakip ng karamihang kasalanan: [9]Na mangagpatuluyan kayo ng walang bulongbulungan: [10]Na ayon sa kaloob na tinanggap ng bawat isa, ay ipaglingkod sa inyo-inyo rin, na gaya ng mabubuting katiwala ng masaganang biyaya ng Diyos; [11]Na kung ang sinoma'y nagsasalita, ay gaya ng sa mga aral ng Diyos: kung ang sinoman ay nangangasiwa, ay gaya ng sa kalakasang ibinibigay ng Diyos: upang ang Diyos ay papurihan sa lahat ng mga bagay sa pamamagitan ni Hesukristo, na sa kaniya ang kaluwalhatian at ang paghahari magpakailan man. Amen.**

**4:7 "ang wakas ng lahat ng mga bagay malapit na"** Ito ay isang GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG. Ang Ikalawang Pagparito ay isang inuulit na paksa sa I Pedro (cf. 1:5,6; 4:13,17; 5:1,10). Ang pisikal na mundo ay mawawasak/ malilinis ng isang nagdadalisay na apoy (cf. II Pedro 3:10). Ang pananaw ng nalalapit na Parousia ay makikita din kay Hesus (cf. Marcos 1:15; Lucas 21:32); Pablo (cf. taga-Roma 13:11); Santiago (cf. Santiago 5:8); at Juan (cf. Pahayag 1:1,3; 3:11; 22:6,7,10,12, 20).

Ang pagkamalapit ng pagbabalik ni Hesus' return ay naging paksa ng maraming pangangaral para sa dalawang libong taon at Siya pa rin ay hindi bumabalik. Ipinapahiwatig ba nito (1) na Siya ay hindi darating o (2) na ang NT ay mali tungkol sa Kaniyang pagbabalik muli? Hindi nalalaman ni Hesus ang panahon ng Kaniyang pababalik (cf. Mateo 24:36). Nakakagulat ito sa atin at bahagi ng hiwaga ng pagkakatawag-tao.

Ang isang kagyat na pagbabalik ay tila ang pananaw ng mga may-akda ng NT. Ano ang nangyari? Una, ating tandaan na ang panahon ay tanging mahalagang sa kanilang kinapapaloban niyon. Ang Diyos ay hindi mabagal, ngunit ang Diyos sin ay mataas sa panahon. Ang pagkamalapit ng pagbabalik ni Hesus ay isang pagbibigay-sigla at tagapaghikayat ng maka-Diyos na pamumuhay para sa bawat salin-lahi ng mga mananampalataya. Ngunit, sa teolohiya, ang II taga-Thesalonica ay ipinapakita ang isang naantalang pagdating (i.e., hindi hanggang sa ang "lalaki ng kawalang-kautusan ay mahayag"). Ang Ikalawang Pagparito ay isang inuulit na paksa, ngunit isang katotohanan para sa tanging <u>isang</u> salin-lahi ng mga mananampalataya (cf. II Pedro 3).

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"mangagpakahinahon, at mangagpuyat"** |
| **NKJV** | **"maging matino at mapagmatiyag"** |
| **NRSV** | **"maging matino at magbantayan"** |
| **TEV** | **"kailangan mo ang pagpipigil at liksi"** |
| **NJB** | **"panatilihing kalmado ang pag-iisip at mahinahon"** |

Ito ay pasimula ng isang kalipunan ng MGA PAUTOS o MGA PANDIWARI na ginamit bilang MGA PAUTOS, na nag-bibigay-diin sa maka-Diyos na pamumuhay (cf. 4:6c). Ang dalawang terminong ito ay tumutukoy sa alistong pag-iisip, lalo na sa

bahagi ng panalangin. Ang unang termino ay *sōphroneō*. Iyon (at kaugnay na mga anyo nito) ay tumutukoy sa banayad, mabuti, palagian, at malakas na pag-iisip (iyon ay kadalasang ginagamit sa Mga Sulat Pastoral ni Pablo, cf. I Timoteo 2:9,15; 3:2; II Timoteo 1:7; Tito 1:8; 2:2,4,5,6,12). Ang ikalawang termino ay *nēphō* (at ang kaugnay na mga anyo nito), na sa literal ay kaugnay sa kalasingan, ngunit ginamit sa paglalarawan ng makatuwiran, kontrolado, wastong pag-iisip, maaaring pagpipigil sa sarili (cf. I taga-Thesalonica 5:6,8; I Timoteo 3:11; Tito 2:2; at I Pedro 1:13; 5:8).

Gayunman, pansinin na si Pedro ay walang binabanggit na mga pangyayari sa huling panahon na kaugnay sa pagbabalik ni Kristo. Siya ay gumagamit ng katotohanang iyon bilang isang pwersa sa maka-Diyos na pamumuhay. Ang mga ito ay kapwa AORIST MGA PAUTOS. Ito ay maaaring kaugnay sa karanasan ni Pedro sa Getsemani (cf. Mateo 26:40-41). Ang kagyat na pag-asa ng Parousia ay isang tunay na pagbibigay-sigla sa pamumuhay na tulad kay Kristo sa bawat panahon, lalo na sa gitna ng mabigat na pag-uusig.

▣ **"sa pananalangin"** Ang panalangin ay isang makapangyarihang sandata sa panahon ng pag-uusig at panunukso (cf. taga-Efeso 6:18-19), hindi lamang para sa sarili, ngunit para sa iba (cf. I taga-Thesalonica 5:17,25; Santiago 5:16). Gaya ng v. 3 na naglalarawan sa di-nararapat na pag-uugali ng mga di-naniniwalang pagano, ang vv. 7-11 ay naglalarawan sa pag-uugali na inaasahan sa mga mananampalataya.

**4:8**
**NASB, NRSV,**
**NJB "una sa lahat"**
**NKJV "una sa lahat ng mga bagay"**
**TEV "higit sa lahat ng bagay"**

Ito ay isang Griyegong wikain para sa pagiging-una (cf. Santiago 5:12). Ang pag-ibig ay inuuna (cf. 1:22; 3:8; Juan 13:34; 15:12,17; I taga-Corinto 13; I Juan 2:7-8; 3:11,23; 4:7-21).

▣ **"maging maningas sa pagiibigan"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG GANAP NA PANDIWARI na ginamit bilang isang PAUTOS. Inuutos nito ang isang nagpapatuloy na pag-ibig para sa iba pang mga mananampalataya, na isang paksa na una nang ipinakilala sa I Pedro (cf. 1:22; 3:8).

▣ **"kayo sa inyong"** Pansinin ang tatluhang paggamit ng "bawat isa" (cf. vv. 8,9, at 10). Ang Kristiyanismo ay pang-komunidad. Tayo ay ipinagkaloob sa bawat isa (cf. I taga-Corinto 12:7).

▣ **"ang pagibig ay nagtatakip ng karamihang kasalanan"** Mayroong maraming mga teoriya patungkol sa pariralang ito.

1. iyon ay isang sipi sa OT mula sa Kawikaan 10:12 (mula sa MT hindi sa LXX) kung saan ang pag-ibig ay nakalimutan na ang mga maling ginawa dito
2. iyon ay kaugnay na Santiago 5:20 kung saan ang pag-ibig ay nakakatulong sa isa pang mananampalataya na baliktarin ang espirituwal na mga kahihinatnan ng pagtalikod
3. iyon ay kaugnay na Mateo 6:14-15 at Marcos 11:25 kung saan ang ating pagpapatawad sa iba ay isang katibayan na tayo sa pinatawad na (i.e., Origen at Tertullian)
4. iyon ay kaugnay na I taga-Corinto 13:7, ang kakayahan ng pag-ibig na hindi tingnang ang maliwanag mga kahinaan ng kapwa mga Kristiyano sa ilalim ng pag-uusig

**4:9 "mangagpatuluyan kayo"** Ito ay isang tambalang termino ng *phileō* (pag-ibig) at *xenos* (dayuhan). Ang pag-ibig sa mga estranghero ay lalong kailangan para sa mga naglalakbay na Kristiyano sa panahon na ang mga hotel ay kilalang-kilalang lugar ng kasamaan (cf. Mateo 25:35ff; taga-Roma 12:13; I Timoteo 3:2; Tito 1:8; Mga Hebreo 13:2; II Juan 5-8). Walang PANDIWA sa pariralang ito sa Griyegong teksto. Dahil sa bilang ng MGA PAUTOS, ito ay maaari ding isang nagpapatuloy na utos.

▣ **"ng walang bulongbulungan"** Ang mga pag-uugali ng mananampalataya ay napakahalaga. Ang mga mananampalataya ay nauunawaan na sila ay mga may-ari ng wala at mga katiwala ng bawat bagay. Ang bukas-pintong palakad ay hindi lamang kailangan para sa naglalakbay na manggagawa ng iglesiya, ngunit para din sa lokal na mga mananampalataya na nawalan ng kanilang mga hanap-buhay at mga tahanan dahil sa pag-uusig. Ang utos na ito, tulad ng iba, ay nagpapakita ng pangkabuuang kalikasan ng Kristiyanong pananampalataya.

**4:10 "Na ayon sa kaloob na tinanggap ng bawat isa"** Ito ay isang AORIST GANAP NA MAY PAHIWATIG, na nagpapahiwatig ng isang natapos na pagkilos sa nakalipas na panahon. Ang terminong kaloob (*charisma*) ay mula sa ugat para sa "biyaya" (*charis*). Ang mga kaloob na ito ay hindi karapat-dapat, walang kagalingang pag-ibig na mga kaloob para sa ministeryo. Bawat mananampalataya ay may isang espirituwal na kaloob, na ipinagkaloob ng Diyos at kaligtasan, para sa layunin ng paglilingko sa at para sa ang Iglesiya (cf. taga-Roma 12:6-8; I taga-Corinto 12:7,11,18; taga-Efeso 4:7). Ang mga kaloob na ito ay maaaring likas na mga kagalingan, ngunit kung gayon, sila ay pinapalakas nang higit sa karaniwan para sa kaluwalhatian ni Kristo!

Ang praktikal na aspeto ng katotohanang ito sa NT ay bawat mananampalataya ay buong-panahon, tinatawag, pinagkaloobang mga lingkod ni Kristo (cf. taga-Efeso 4:12). Bawat mananampalataya ay samakatuwid napakahalaga sa mabisang gawain ng lokal na iglesiya. Ito ay ang biblikal na pagtatama sa ministro/karaniwang tao ng huwaran na lubhang karaniwang sa makabagong iglesiya, ngunit lubhang di-gumagana. Ang mundo ay hindi mahihikayat at madidisipulo ng mga bayaran o na-ordinang kawani lamang!

▣ **"ipaglingkod sa inyo-inyo rin"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG GANAP NA PANDIWARI na ginamit bilang isang PAUTOS. Iyon ay mula sa Griyegong termino para sa lingkod (*diakonos*). Nang lumaon, ito ay nagiging titulo para sa mga diyakono (cf. taga-Filipos 1:1). Sa Kristiyanismo, ang mga pinuno ay mga lingkod, hindi mga amo. Ang mga espiritwal na kaloob ay para sa iba, hindi sa ating mga sarili (cf. I taga-Corinto 12:7). Ang mga espiritwal na kaloob ay hindi "mga sagisag ng kagalingan" ngunit "mga tuwalya ng paglilingkod."

▣ **"gaya ng mabubuting katiwala"** Ito sa literal ay "mga tagapangasiwa ng tahanan." Ang iglesiya ay ang tahanan ng Diyos (cf. v. 17). Ang mga mananampalataya ay magbibigay ng pagsusulit sa Diyos kay Kristo para sa kanilang pangangalaga ng mga espirituwal na kaloob (cf. I taga-Corinto 3:10-17; II taga-Corinto 5:10).

▣ **"masaganang biyaya Diyos"** Ang salitang "sari-sari" ay makikita nang dalawang beses sa I Pedro, na nangangahulugang "iba't-ibang anyo," tulad ng liwanag pumupunta sa isang prismo. Ang talatang ito ay tinitimbang ang I Pedro 1:6. Para sa bawat pagsubok (cf. Santiago 1:2) mayrong katumbas na biyaya ng Diyos at pinili ng Diyos na iyon ay magagamit ng iba pang mga mananampalataya. Walang mananampalataya ay isang pulo.

**4:11 "kung ang sinoman. . .kung ang sinoman"** Ang mga ito ay dalawang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY MGA PASUBALI. Ang mga pinagkaloobang mga lingkod ng Diyos ay inaasahang magsalita at maglingkod sa pamamagitan ng Kaniyang kapangyarihan. Kung tayo ay magsasalita, iyon ay Kaniyang mga pahayag. Kung tayo ay maglilingko, iyon ay sa pamamagitan ng Kaniyang kalakasan.

▣ **"ibinibigay ng Diyos"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG GANAP NA MAY PAHIWATIG ng isang salitang ginamit ng isa na nagtutustos ng pinansyal sa isang "koro" *(chorēgēo*, na isang tambalang ng *choros* at *hēgeomai*). Ang Diyos ay nagpapatuloy sa magtustos nang masagana sa Kaniyang mga pinagkalooban (cf. II taga-Corinto 9:10, ang parehong salita na may hulaping *epi*, ay makikita sa II Pedro 1:5,11).

Iyon ay nakakawili na si Pablo ay tila ipinagpapalagay ang espirituwal na mga kaloob sa Espiritu (cf. taga-Roma 12) o kay Kristo (cf. taga-Efeso 4:11), ngunit ipinagpapalagay sila ni Pedro sa Diyos Ama. Ito ay isa pang halimbawa na ang lahat ng mga persona ng pagka-Diyos ay kasangkot sa mga gawain ng kaharian (cf. I taga-Corinto 12:4-6).

▣ **"upang ang Diyos ay papurihan sa lahat ng mga bagay sa pamamagitan ni Hesukristo"** Ito ay isang layuning (*hina*) sugnay. Ang mga espiritwal na kaloob ay dapat magluluwalhati sa Diyos, hindi sa taong kinatawan. Ang ating pagkakaroon ng kaloob ay magtuturo sa Kaniya (cf. Mateo 5:16; I taga-Corinto 10:31; I Pedro 2:12).

▣ **"na sa kaniya ang kaluwalhatian at ang paghahari magpakailan man"** Ito ay tumutukoy kay Hesus sa kontekstong ito (cf. II Timoteo 4:18; II Pedro 3:18; Pahayag 1:6). Sa Pahayag 5:13 iyon ay ginamit sa kapwa ang Ama at ang Anak. Kadalasan ang pariralang ito ay tumutukoy sa Ama (cf. I Pedro 5:11; taga-Roma 11:36; 16:27; taga-Efeso 3:21; taga-Filipos 4:20; I Timoteo 1:17; I Pedro 5:11; Hudas 25; Pahayag 7:12). Para sa tala sa "kaluwalhatian" tingnan sa 1:21.

▣ Ang mga doxolohiya ay karaniwang sa NT. Ang mga may-akda ng NT ay kadalasang nagsisimula na pagpuri sa Diyos (cf. taga-Roma 11:33-36; taga-Efeso 3:20-21; I Pedro 5:11).

▣ **"Amen"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Amen sa Marcos 3:28.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 4:12-19

**[12]Mga minamahal, huwag kayong mangagtaka tungkol sa mahigpit na pagsubok sa inyo, na dumarating sa inyo upang kayo ay subukin, na waring ang nangyayari sa inyo ay di karaniwang bagay: [13]Kundi kayo ay mangagalak, sapagkat kayo ay mga karamay sa mga hirap ni Kristo; upang sa pagkahayag ng kaniyang kaluwalhatian naman ay mangagalak kayo ng malabis na galak. [14]Kung kayo ay mapintasan dahil sa pangalan ni Kristo, ay mapapalad kayo; sapagkat ang Espiritu ng kaluwalhatian at ang Espiritu ng Diyos ay nagpapahingalay sa inyo. [15]Ngunit huwag magbata ang sinoman sa inyo na gaya ng mamamatay-tao, o magnanakaw, o manggagawa ng masama, o gaya ng mapakialam sa mga bagay ng iba: [16]Ngunit kung ang isang tao ay magbata na gaya ng Kristiyano, ay huwag mahiya; kundi luwalhatiin ang Diyos sa pangalang ito. [17]Sapagkat dumating na ang panahon ng pasimula ng paghuhukom sa bahay ng Diyos: at kung mauna sa atin, ano kaya ang wakas ng mga hindi nagsisitalima sa ebanghelyo ng Diyos? [18]At kung ang matuwid ay bahagya ng makaliligtas, ang**

**masama at ang makasalanan ay saan kaya magsisiharap? [19]Kayat ipagkatiwala naman ng nangagbabata ayon sa kalooban ng Diyos ang kanilang mga kaluluwa sa paggawa ng mabuti sa tapat na Lumalang.**

**4:12 "Mga minamahal"** Ito ay ang paraan ng Ama sa pagtukoy sa Kaniyang Anak (sa bautismo ni Hesus, cf. Mateo 3:17; sipi mula sa Isaias 42:1,12:18; at pagbabagong-anyo ni Hesus, 17:5). Ang titulong ito ay nang lumaon ay naisalin sa Kaniyang mga tagasunod (cf. 2:11; 4:12; II Pedro 1:17; 3:1,8,15,15,17; at ginamit nang paulit-ulit sa mga sulat ni Pablo).

▣ **"huwag kayong mangagtaka"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA PAUTOS na may SALUNGAT NA KATAGA, na kadalasang tumutukoy sa paghinto ng isang pagkilos na nagpapatuloy na. Ang mga mananampalataya ito ay nagugulat sa pag-uusig.

▣ **"tungkol sa mahigpit na pagsubok"** Ito ay isang talinghaga para sa mga pagsubok at mga pag-uusig (hindi karaniwang mga suliranin ng pang-araw-araw na buhay, cf. vv. 14,18; ngunit kung paano natin pakikitunguhan ang ating pangkulturang buhay ay isang saksi) . Mayroong napakaraming biblikal na mga teksto na nagpapahayag na ang pag-uusig at pagdurusa ay karaniwan para sa kanilang sumusunod kay Kristo (cf. Mateo 5:10-12; Juan 15:18-21; 16:1-3; 17:14; Mga Gawa 14:22; taga-Roma 5:3-4; 8:17; II taga-Corinto 4:16-18; 6:3-10; 11:23-30; taga-Filipos 1:29; I taga-Thesalonica 3:3; II Timoteo 3:12; Santiago 1:2-4; I Pedro 4:12-16). Sila ang kaparaanan ng Ama sa paglilikha ng pagiging wangis kay Kristo (cf. Mga Hebreo 5:8).

▣ **"na dumarating sa inyo"** Ito ay hindi isang PANGHINANARAP NA PANAHUNAN, ngunit isang PANGKASALUKUYANG PANDIWARI. Iyon ay isang pangkasalukuyang di-inaasahang katotohanan!

▣ **"upang kayo ay subukin"** Ito ay ang Griyegong PANDIWA *periazō*, tingnan ang Natatanging Paksa sa Marcos 1:13, #2, c.

▣ **"na waring ang nangyayari sa inyo ay di karaniwang bagay"** Ang pariralang ito ay may isang tambalang PANDIWA (PANGKASALUKUYANG GANAP NA PANDIWARI) na may PANG-UKOL *sun*, na nangangahulugang "pakikilahok kasama ng." Ang mga mananampalatayang ito ay dumadaan sa mga pag-uusig. Kinakailangan nilang malaman na

1. iyon ay hindi di-karaniwan para sa mga mananampalataya
2. iyon ay hindi isang bunga ng kasalanan (i.e., Deuteronomyo 27-28)
3. iyon ay may isang layunin sa kalooban ng Diyos

## NATATANGING PAKSA: BAKIT NAGDURUSA ANG MGA KRISTIYANO? (WHY DO CHRISTIANS SUFFER?)

1. dahil sa mga personal na kasalanan (pansamantalang kahatulan). Ito ay hindi nagpapahiwatig na ang lahat ng mga suliranin at mga masasamang pangyayari ay isang bunga ng kasalanan (cf. Job; Awit 73; Lucas 14:1-5; Nehemia 9; Gawa 5:1-11; I taga-Corinto 11:29-30; taga-Galacia 6:7).
2. Upang lumago ang pagiging katulad kay Kristo (Hebreo 5:8). Kahit na si Hesus, sa pagsasalitang pantao, ay kailangang lumago, gayundin, ang Kanyang mga taga-sunod (cf. taga-Roma 5:3-4, 8:28-29; II taga-Corinto 12:7-10; taga-Filipos 3:10; Hebreo 12:5-12; Santiago 1:2-4; I Pedro 1:7).
3. Upang lumago ang isang makapangyarihan, mabisang patotoo (cf. Mateo 5:10-12; Juan 15:18-22; I Pedro 2:18-21, 3:13- 17).
4. Bilang isang tanda ng mga kirot sa pagsilang ng Bagong Panahon (cf. Mateo 24:6; Marcos 13:8).

Ang dalawang aklat na tumulong sa akin na pakitunguhan ang kawalang-katarungan at kasamaan ng nalugmok sa mundong ito ay *The Christian's Secret of a Happy Life* ni Whithall Smith at *The Goodness of God* ni John W. Wenham.

Ang mga mananampalataya ay dapat tandaan na ang mga suliranin ang paghihirap ay hindi kinakailangan isang tanda ng galit at pagtanggi ng Diyos. Ang mga masamang bagay ay nangyayari at matatapat na tagasunod sa isang nalugmok na mundo (cf. 1 Pedro 4:12-19). Ang mga pangako ng Diyos at ang sariling ibinigay na kamatayan ni Kristo ay mga tanda ng pag-ibig ng Diyos (cf. taga-Roma 5:8). Ang Kasulatan ay kailangang magkaroon ng pagpapauna sa mga pansamantalang pangyayari!

**4:13 "karamay"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

## NATATANGING PAKSA: *KOINŌNIA* (PAKIKIPAG-UGNAYAN) (*KOINŌNIA* (FELLOWSHIP))

Ang salitang "pagkikipag-ugnayan" (*koinōnia*) ay nangangahulugang

1. Malapit na kaugnayan sa isang persona
   a. sa Anak (cf. I Juan 1:6; I taga-Corinto 1:9)
   b. sa Espiritu (cf. II taga-Corinto 13:13; taga-Filipos 2:1)
   c. sa Ama at sa Anak (cf. I Juan 1:3)
   d. sa ibang mga kapatid sa kasunduan (cf. Gawa 2:42; taga-Galacia 2:9; Filemon 17; I Juan 1:3,7)
   e. hindi sa masama (cf. 2 taga-Corinto 6:14)
2. Malapit na kaugnayan sa mga bagay o mga pangkat
   a. sa ebanghelyo (cf. taga-Filipos 1:5; Filemon 6)
   b. sa dugo ni Kristo (cf. I taga-Corinto 10:16)
   c. hindi sa kadiliman (cf. II taga-Corinto 6:14)
   d. sa paghihirap (cf. taga-Filipos 3:10; 4:14; I Pedro 4:13)
3. kaloob o pagbabahaging ginawa sa isang mapagkaloob na pamamaraan (cf. taga-Roma 12:13; 15:26; II taga-Corinto 8:4; 9:13; taga-Filipos 4:15; Hebreo 13:16)
4. biyaya na kaloob ng Diyos sa pamamagitan ni Kristo, na naipanumbalik ang pakikipag-ugnayan ng sangkatauhan sa Kanya at sa kanyang mga kapatid

Binibigyang-diin nito ang pahalang na pakikipag-ugnayan (tao sa tao) na idinala sa atin ng pataas na pakikipag-ugnayan (tao sa Lumikha). Ito rin ay nagbibigay-diin sa pangangailangan at kaligayahan ng Kristiyanong komunidad. (i.e. Mga Hebreo 10:25)

▣ **"kayo ay mangagalak"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG GANAP NA PAUTOS. Iyon ay nakakagulat na ang pagdurusa para kay Kristo ay inuugnay sa kagalakan. Ito ay nagpapakita ng radikal na bagong mundong pananaw na tinanggap ng mga mananampalataya sa pamamagitan ng pananampalataya nang inilagak nila ang kanilang pangwakas na pagtitiwala kay Kristo. Si Hesus mismo ang unang ang nagpahayag ng katotohanang ito sa Mateo 5:10-12. Ipinahayag ni Pablo ang katulad na katotohanan sa taga-Roma 5:2,3.

▣ **"upang sa pagkahayag ng kaniyang kaluwalhatian naman"** Ito ay tumutukoy sa maluwalhating pagbabalik ni Kristo upang tanggapin ang sa Kaniya (cf. Juan 14:1-3).

**4:14 "kung"** Ito ay isang UNANG URING MAY PASUBALI, na ipinagpapalagay na tunay at natupad ayon sa pananaw ng may-akda o para sa kaniyang pampanitikang mga layunin.

▣ **"mapintasan"** Ang terminong "nilait" o "pinintasan" ay nagmula din sa Mateo 5:11. Naalala nga ni Pedro ang pakikinig kay Hesus na naghahayag ng mismong paksa.

▣ **"sa pangalan ni Kristo"** "Sa pangalan ng. . ." ay isang OT wikain na tumutukoy sa persona. Ang pagtawag sa pangalan ng Panginoon (i.e., Joel 2:32; Mga Gawa 2:21, cf. taga-Roma 10:9-13) ay nangangahulugang pagtitiwala kay Hesus bilang Tagapagligtas. Ang pananalangin sa pangalan ng Panginoon (cf. Juan 14:13; 15:16; 16:23-24) ay nangangahulugang pananalangin sa Kaniyang persona at katangian.

▣ **"mapapalad kayo"** Ito ay ang Griyegong terminong *makarios*, na ginamit ni Hesus sa *Beatitudes* (cf. Mateo 5:3-9). Ang talatang ito ay nagpapakilala sa Mateo 5:10-12. Ang katulad na katotohanan (at parehong salita) ay nandoon din sa I Pedro 3:14. Iyon ay lubhang nakakagulat sa mga kanluraning materyoso na ang pagdurusa at pag-uusig ay magdudulot ng kagalakan at pagpapala.

▣ **"ang Espiritu ng kaluwalhatian at ang Espiritu ng Dios ay nagpapahingalay sa inyo"** Ito ay alinman sa pagkabanggit sa (1) isang karanasan katulad ng bautismo ni Kristo (cf. Mateo 3:16; Juan 1:32) o (2) paanong pinalakas ng Espiritu ang Mesias (cf. Isaias 11:2, 42:2, 59:21, 61:1). Ang karanasan ng pagdurusa ni Hesus ngayon ay sa atin (cf. taga-Roma 8:17). Ang presensya ng Espiritu ay hindi magdadala ng kalusugan, kayamanan, at kasaganahan, ngunit pag-uusig (cf. Juan 15:18; 17:14). Ipinangako ni Hesus ang presensiya ng Espiritu at tulong sa mga panahon ng pag-uusig (cf. Mateo 10:16-23, lalo na sa v. 20).

Mayroong maraming pagkakaiba (4) ng pariralang ito sa mga Griyegong manuskrito. Ang $UBS^4$ ay nagkakaloob sa isang sinipi sa NASB na isang "A" na antas (may katiyakan).

Ang Textus Receptus ay nagdadagdag ng isang parirala sa puntong ito na nagpapakilala sa KJV at NKJV: "Sa kanilang bahagi Siya ay nilapastangan, ngunit sa inyong bahagi Siya ay naluwalhati." Ang pariralang ito ay makikita sa magkakaibang anyo lamang sa mas nahuling mga unsyanong manuskrito (i.e., K mula sa ika-9 na siglo; L mula sa ika-8 siglo; at P mula sa ika-6 na siglo) at maaaring hindi orihinal. Ang $UBS^4$ ay inaantasan ang pagkaltas na ito bilang "may katiyakan."

**4:15 "uwag magbata ang sinoman sa inyo"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG GANAP NA PAUTOS na may isang SALUNGAT NA KATAGA na kadalasang nangangahulugang ihinto ang isang pagkilos na nagpapatuloy.

▣ **“mapakialam sa mga bagay ng iba”** Ang salitang ito ay ginamit lamang dito mula sa lahat ng Griyegong panitikan. Iyon ay isang tambalang mula sa dalawang Griyegong mga salita, “kabilang sa iba” (i.e., *allotrios*) at “siyasatin” o “suriin” (i.e., *episkopos*). Ito ngayon ay tumutukoy sa isang tao na nakikialam sa pamumuhay sa iba, isang pakialamero.

**4:16 “kung”** Ito ay isa pang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na ipinagpapalagay na totoo. Ang mga Kristiyano ay nagdurusa lamang dahil sila ay mga Kristiyano.

▣ **“ng Kristiyano”** Ito sa orihinal ay isang termino ng panunuya (cf. Mga Gawa 11:26; 26:28). Iyon ay tanging ginamit nang tatlong beses sa NT. Iyon nangangahulugang “maliit na Kristo” (i.e., *Christianos*). Iyon ay naging karaniwang katawagan para sa mga mananampalataya sa gitnang bahagi ng unang siglo (i.e., Tacitus, *Ann*. 15:44).

▣ **“ay huwag mahiya”** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA PAUTOS na may SALUNGAT NA KATAGA na kadalasang nagpapahiwatig na ihinto ang isang pagkilos na nagpapatuloy. Ito ay maaaring isang pagbabalik-tanaw para kay Pedro sa mga gabi ng pag-uusig ni Hesus kung saan siya ay nahihiya (cf. Mateo 26:69-75; Marcos 14:66-72; Lucas 22:56-62; Juan 18:16-18,25-27).

**4:17 “Sapagkat dumating na ang panahon ng pasimula ng paghuhukom”** Ito ay maaaring isang pagkabanggit sa Malakias 3:1-6 kung saan ang kahatulan ay nagsimula kagyat at nakakagulat na pagdating ng Mesias sa Kaniyang sariling bayan (kung kanino maraming ipinagkaloob, marami ang hihingin, cf. Jeremias 25:29). Kung mayroong sadyang di-nagsisisi ng mga makasalanan sa gitna ng bayan ng Diyos (at mayroon nga) sila ang unang hahatulan. Ang kanilang tanging pag-asa ay ang di-nagbabagong katangian ni YHWH (cf. Malakias 1:6).

Ang pariralang ito ay maaarin ding isang Hudyong wikain ng nalalapit na Ikalawang Pagparito ni Kristo bilang Hukom. Ang mga Hudyo sa OT (at ang mga Apostol ng NT) na nakikita ang isang sakunang pagwawakas ng pantaong kasaysayan, ay kadalasang tinatawag na “ang mga sakit sa panganganak sa bagong panahon,” na maliwanag na ipinahayag ni Hesus mismo sa Marcos 13:8.

▣ **“sa bahay ng Diyos”** Mayroong dalawang gusaling talinghaga sa I Pedro na nauugnay sa iglesiya: (1) ang iglesiya bilang isang templo itinatag mula sa nabubuhay na mga bato (cf. 2:4-10) at (2) ang iglesiya bilang tahanan ng Diyos (pangkabuuang talinghaga ng bayan o malaking pamilyang tahanan, cf. 4:17; I Timoteo 3:15; Mga Hebreo 3:6).

▣ **“kung”** Ito ay isa pang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, gaya ng vv. 16 at 18.

**4:18 “kung ang matuwid ay bahagya ng makaliligtas”** Ito ay isang pagkabanggit sa Kawikaan 11:31 sa Septuagint (“kung ang matuwid ay bahagyang maliligtas, saan haharap ang hindi maka-Diyos at makasalanan?”).

**4:19 “nangagbabata ayon sa kalooban ng Diyos”** Kung sa mundong ito, ang “matuwid” ang magdurusa (UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI ng v. 18), anong mangyayari sa di-matuwid sa araw ng kahatulan ng Diyos? Ang Panginoon ay kasama ng ligtas (cf. 3:12,14), ngunit laban sa mapanghimagsik sa di-mananampalataya at taga-usig (cf. 3:12).

▣ **“ipagkatiwala ang kanilang mga kaluluwa”** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG PAUTOS na nagpapahiwatig na sila sa kanilang mga sarili ay nangangailangan na magpatuloy na magtiwala sa kanilang mga sarili sa Diyos. Pinagkatiwala ni Pablo ang ebanghelyo kay Timoteo (cf. I Timoteo 1:18). Ipinagkatiwala ni Pablo ang ebanghelyo sa mga mananampalataya upang ipasa (cf. II Timoteo 2:2). Iyon ay isang pang-bankong termino para sa isang “paglagak.” Ginamit ni Hesus ang katulad na terminong ito sa panahon ng Kaniyang kamatayan sa krus. Ipinagkatiwala Niya ang Kaniya kaluluwa sa Ama (cf. Lucas 23:46).

▣ **“sa tapat na Lumalang”** Ang Diyos ay matapat! Ito ang saligang pagpapatibay ng Bibliya (cf. Bilang 23:19; Deuteronomyo 7:9; Isaias 40:8; 49:7; 55:11; I taga-Corinto 1:9; 10:23; II taga-Corinto 1:18; I taga-Thesalonica 5:24; II taga-Thesalonica 3:3; II Timoteo 2:13 at I Pedro 1:19). Iyon ay ang di-nagbabagong katangian ng Diyos (cf. Malakias 3:6) na tiyak na pag-asa ng bawat mananampalataya. Gagawin ng Diyos kung ano ang Kaniyang sinabi na gagawin Niya!

▣ **“sa paggawa ng mabuti”** Ang Griyegong terminong ito ay nangangahulugang “gumawa nang mabuti” o “mainam na paggawa doing.” Ito ay isang inuulit na paksa sa I Pedro (cf. 2:14,15,20; 3:6,17; 4:19). Ang sulat na ito ay napapangibabawan ng mga pagpapaalala upang mabuhay nang tama right at maging handa sa pagdurusa. Tingnan ang Natatanging Paksa: Bakit Nagdurusa Ang Mga Kristiyano? sa 4:14.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Itala ang mga bagay na gagawin ng mga mananampalatay dahil sa nalalapit na Ikalawang Pagparito.
2 Inaasahan ba ng mga manunulat ng NT ang pagdating ng Panginoon na maaga o huli?
3. Paano tinatakpang ng pag-ibig ang kasalanan? Kaninong mga kasalanan?
4. Bawat Kristiyano ba ay may espirituwal na kaloob? Kung gayon, bakit?
5. Ang pag-uusig ba ay normal o di-normal para samga mananampalataya?
6. Ano ang layunin ng walang-salang pagdurusa at mga pagsubok sa mga buha ng mga mananampalataya?
7. Paano tutugon ang isang Kristiyano sa isang walang-salang pag-uusig?
8. Hahatulan ba ang mga Kristiyano? Paano? Bakit? Kailan? Saan?

# I PEDRO 5

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Pagtuturo sa Kawan ng Diyos | Pangangalaga sa Kawan | Pangwakas na Mga Pagpayo at Mga Pagbati | Ang Kawan ng Diyos | Mga Turo: Sa Mga Matatanda |
| 5:1-4 | 5:1-4 | 5:1-5 | 5:1-4 | 5:1-4 |
| | Magpasakop sa Diyos, Labanan ang Kasamaan | | | Mga Turo: Sa Mga Matatapat |
| 5:5 | 5:5-11 | | 5:5-7 | 5:5-11 |
| 5:6-7 | | 5:6-11 | | |
| 5:8-11 | | | 5:8-11 | |
| Mga Pangwakas na Pagbati | Pagpapaalam at Kapayapaan | | Mga Pangwakas na Pagbati | Mga Huling Salita ng Pagbati |
| 5:12-14 | 5:12-14 | 5:12-14a | 5:12 | 5:12 |
| | | | 5:13-14a | 5:13 |
| | | 5:14b | 5:14b | 5:14 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito ay isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng pagpapaliwanag. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata
2. Pangalawang talata
3. Pangatlong talata
4. Atbp.

### PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 5:1-5**

**[1]Sa matatanda nga sa inyo ay umaaral ako, akong matandang kasamahan ninyo, at isang saksi ng mga hirap ni Kristo, na may bahagi naman sa kaluwalhatiang ihahayag: [2]Pangalagaan ninyo ang kawan ng Diyos na nasa inyo, na magsigamit kayo ng pagpupuno, na hindi sapilitan, kundi may kasayahan, na ayon sa kalooban ng Diyos; ni hindi dahil sa mahalay na kapakinabangan, kundi sa handang pagiisip; [3]Ni hindi din naman ang gaya ng kayo ay may pagkapanginoon sa pinangangasiwaang ipinagtagubilin sa inyo, kundi kayo ay maging mga uliran ng kawan. [4]At pagkahayag ng pangulong Pastor, ay magsisitanggap kayo ng di nasisirang putong ng kaluwalhatian. [5]Gayon din naman, kayong mga kabataan, ay magsisuko sa matatanda. Oo, kayong lahat ay mangagbigkis ng kapakumbabaan, na kayo-kayo ay maglingkuran: sapagkat ang Diyos ay sumasalangsang sa mga palalo, datapuwat nagbibigay ng biyaya sa mga mapagpakumbaba.**

**5:1 "sa matatanda. . . matandang kasamahan"** Mayroong isang paglalaro sa terminong matanda (*presbuteros*) sa vv. 1 at 5. Ang termino ay tila na ginamit bilang isang titulo ng pamumuno (cf. v. 1) at isang pagtatalaga ng edad (cf. v. 5). Ang

paggamit ng termino ay nakakagulat kung isinasaalang-alang na iyon ay karaniwang pang-Hudyong pang-tribong pagtatalaga ng pamumuno, habang ang "obispo" o "tagapamahala" (*episcopos*) na ang pagtatalaga sa Griyegong lungsod-bayan para sa pamumuno. Ang I Pedro ay gumagamit ng mga pang-Hudyong termino upang ipahayag sa mga Hentil na mananampalataya.

Tinawag ni Pedro ang kaniyang sarili na isang "kasamang matanda," ang terminong *presbuteros* na dinagdagan ng PANG-UKOL *syn*, ay nagpapahiwatig na "magkasamang nakikilahok." Hindi binigyang-diin ni Pedro ang kaniyang pang-Apostol na awtoridad (cf. II Juan 1 kung saan isa pang Apostol ay tinawag ang kaniyang sarili na "matanda"), ngunit nagpapaalala (i.e., "Aking hinihikayat," isang PANGKASALUKUYANG GANAP NA MAY PAHIWATIG) sa lokal na mga pinuno sa pagkilos at pamumuhay na nararapat sa liwanag ng

1. halimbawa ni Kristo
2. nalalapit na Kaniyang pagbabalik

Ang sinaunang mga iglesiya walang binabayarang mga posisyon ng pamumuno, ngunit kinikilala ang ipinagkaloob ng Diyos na mga kaloob na ministeryo at pamumuno sa loob ng bawat lokal na iglesiya. Ang pagpapatibay na ito ng pagkakaroon ng kaloob ay kailangang timbangin sa pangkulturang paggalang para sa "matandang-karunungan," lalo na sa gitna ng Hudyong nananampalatayang komunidad. Samakatuwid, ipinapahayag ni Pedro sa kapwa mga uri ng pamumuno.

Pansinin din na ang "mga matatanda" ay PANGMARAMIHAN. Ito ay tumutukoy sa (1) bilang ng mga pinuno sa bahay iglesiya (cf. Mga Gawa 20:17) o (2) ang iba't-ibang espirituwal na mga kaloob sa gitna ng isang katawan ng mga pinuno (cf. taga-Efeso 4:11), na maliwanag na ipinapahayag na ang ministeryo ay para sa lahat ng mga mananampalataya. Ito ay kaagapay sa ang konsepto ng "isang kaharian ng mga saserdote" (cf. 2:5,9).

▣ **"isang saksi ng mga hirap ni Kristo"** Ito ay isang pagpapatibay ng saksing pagbabalik-tanaw ni Pedro sa buhay ni Hesus (cf. Mga Gawa 3:15; 10:39). Ito rin ay nagpapakilala sa ala-ala ni Pedro sa mga salita ni Hesus sa Mga Gawa 1:8. Ang terminong "pagdurusa" ay tumutukoy sa pagpapapako sa krus. Si Pedro ay kadalasang gumagamit ng terminong pagdurusa (cf. 1:11; 2:19,20,21,23; 3:14,17,18; 4:1[ng dalawang beses],13,15,19; 5:1,10). Ang pagtalakay na ito tungkol sa pagdurusa ni Hesus bilang kapwa pangkatubusan at bilang isang halimbawa na tutulara ng mga mananampalataya, ay bumubuo ng isang pangunahing paksa sa I Pedro.

▣ **"na may bahagi naman sa kaluwalhatiang ihahayag"** Ito ay hindi tanging isang panghinaharap na sanggunian sa Ikalawang Pagparito (cf. 1:5,7; 4:13; 5:4), ngunit maaaring isang pabalik na saksi (pagbabalik-tanaw) na sanggunian sa Pagbabagong-anyo (cf. Mateo 17; Marcos 9:2-8; II Pedro 1:16-18). Tingnan ang Natatanging Paksa: Kaluwalhatian sa Marcos 10:37.

**5:2 "Pangalagaan ninyo ang kawan ng Diyos"** Ito ay isang AORIST GANAP NA PAUTOS. Ang "pangangalaga" ay isang OT talinghaga para sa Diyos (cf. Mga Awit 23:1; 100:3). Iyon ay naging isang titulo para sa mga pinuno (cf. Ezekiel 34:7-10). Ang tupa ay nangangailangan ng palagiang pagkalinga, proteksyon at pansin. Si Hesus ay tinatawag na ang "Mabuting Pastol" sa Juan 10 at sinabi Niya kay Pedro na maging isang pastor sa Kaniyang tupa sa Juan 21.

Sa NT, mayroong maraming titulo para sa mga pinuno ng lokal na iglesiya.

1. mga matatanda
2. mga tagapamahala o mga obispo
3. mga tagapangalaga o mga pastor

Ang mga ito ay tila nagpapalitan ng gamit (cf. Mga Gawa 20:17,28 at Tito 1:5,7).

▣
**NASB "magsigamit kayo ng pagpupuno"**
**NKJV "maglingkod bilang tagapamahala"**
**NRSV "gumanap bilang tagapamahala"**
**TEV -tinanggal-**
**NJB -tinanggal-**

Maraming sinaunang Griyegong manuskrito (i.e., $P^{72}$, $\aleph^2$, A, P, at ang Vulgata) ay isinasama ang MAKADIWA na anyo (PANGKASALUKUYANG GANAP NA PANDIWARI) ng "tagapamahala" na ginamit kaugnay sa gawain ng mga matatanda. Ang ilang sinaunang manuskrito ay tinatanggal ang PANDIWARI (i.e., $\aleph^*$ at B). Iyon ay di-tiyak kung ang pagtatanggal ay may layunin sa mga eskriba na hindi mapalagay sa paghahalo ng mga opisina o mga tungkulin ng mga matatanda at mga namamahala.

**5:2-3** Ito ay nagsisimula sa isang kalipunan (cf. vv. 2-3) ng mga magkakaibang katangian ng mga pinuno sa iglesiya.

| | Positibo | Negatibo |
|---|---|---|
| 1. | kusa | hindi sa ilalim ng pamimilit |
| 2. | may sigasig | hindi para sa maruming pakinabang |
| 3. | bilang isang halimbawa | hindi namamanginoon |

Ang isa ay namamangha kung ila sa mga negatibo ang nagpapakilala ng aktwal na mga kalagayan ng pamumuno ng ilang ng bahay iglesiya kaugnay sa mga bulaang guro (cf. II Pedro).

▣ **"na ayon sa kalooban ng Diyos"** Ang pariralang ito ay makikita sa maraming sinaunang Griyegong manuskrito (i.e., P[72], א, A[2], at P), ngunit iyon ay tinanggal sa MSS B, K, at L. Iyon ay makikita sa mga pinakamakabagong saling Ingles, ngunit hindi makikita sa KJV. Si Pedro ay madalas na gumagamit ng pariralang ito sa I Pedro (cf. 2:15; 3:17; 4:2,3,19). Samakatuwid, iyon ay maaaring orihinal.

▣ **"mga uliran"** Tingnan ang Natatanging Paksa na susunod.

## NATATANGING PAKSA: ANYO (*TUPOS*) (FORM (*TUPOS*))

Ang salitang *tupos*, na mayroong malawak na semantikong gamit.

1. Moulton at Milligan, *The Vocabulary of the Greek New Testament*, p. 645
   a. tularan
   b. balangkas
   c. anyo o paraan ng pagsulat
   d. kahatulan o kautusan
   e. kaparusahan o kapasyahan
   f. uliran ng katawang ng tao bilang mga panatang handog sa nagpapagaling na diyos
   g. PANDIWA na ginamit sa pagkaunawa ng pagpapatupad ng mga panuntunan ng kautusan
2. Louw at Nida, *Greek-English Lexicon*, tomo 2, p. 249
   a. pilat (cf. Juan 20:25)
   b. larawan (cf. Mga Gawa 7:43)
   c. huwaran (cf. Hebreo 8:5)
   d. halimbawa (cf. I taga-Corinto 10:6; taga-Filipos 3:17)
   e. pinagparisan (cf. taga-Roma 5:14)
   f. uri (cf. Mga Gawa 23:25)
   g. mga nilalaman (cf. Mga Gawa 23:25)
3. Harold K. Moulton, *The Analytical Greek Lexicon Revised*, p. 411
   a. tatak, isang bakas, isang palatandaan (cf. Juan 20:25)
   b. isang paglalarawan
   c. isang larawan (cf. Mga Gawa 7:43)
   d. isang reseta, pamamaraan (cf. taga-Roma 6:17)
   e. anyo, diwa (cf. Mga Gawa 23:25)
   f. isang hugis, kapilas (cf. I taga-Corinto 10:6)
   g. isang inaasahang hugis, uri (cf. taga-Roma 5:14; I taga-Corinto 10:11)
   h. isang huwarang tularan (cf. Mga Gawa 7:44; Mga Hebreo 8:5)
   i. isang mabuting tularan/huwaran (cf. taga-Filipos 3:17; I taga-Thesalonica 1:7; II taga-Thesalonica 3:9; I Timoteo 4:12; I Pedro 5:3)

Tandaang ang mga leksiko ay hindi nagtatakda ng kahulugan; tanging ang paggamit ng mga salita sa pangungusap/ mga talata ang nagtatakda ng kahulugan (i.e., konteksto). Mag-ingat sa pagtatalaga ng isang nakatakdang kahulugan sa isang salita ang gamiting ito sa bawat lugar na makikita ang salita sa Bibliya. Konteksto, konteksto, konteksto ang ang nagpapasiya ng kahulugan!

**5:4 "pangulong Pastor"** Ang termino ni Pedro para kay Kristo bilang Pastor (cf. 2:25) ay maaaring nagmula sa kaniyang pakikipag-usap sa muling nabuhay na Panginoon na nakatala sa Juan 21:15-17. Dito, tinatawag Pedro si Kristo sa pamamagitan ng tambalang terminong *archi* na may *poimen*, na nangangahulugang mataas o unang pastor (cf. Juan 10:1-18). Sa Mga Hebreo 13:20, si Kristo ay inilalarawan bilang "ang dakilang Pastor." Ang lahat ng iba pang mga pinuno ("mga matatanda" o "mga namamahala") ay mga mababang pastor.

Iyon ay maaari na Pedro ay binabanggit ang Isaias 63:11, kung saan si Moises ay tinatawag na "pastor."

▣ **"pagkahayag"** Ito ay isa pang sanggunian sa Ikalawang Pagparito (cf. v. 1; 1:5,7; 4:13).

▣ **"di nasisirang putong ng kaluwalhatian"** Sa konteksto (i.e., vv. 1-5) ito ay tumutukoy sa "sa mga mababang pastor." Pinagsama ni Pedero ang isang talinghaga ng manlalaro (cf. I taga-Corinto 9:23) na may isang talinghaga ng bulaklak. Ang di-nalulumang putong na ito ng kaluwalhatian ay tumutukoy sa mamanahin ng mananampalataya na binabantayan ng Diyos sa I Pedro 1:4. Iyon ay kaagapay sa

1. "putong ng katuwiran" ni Pablo sa II Timoteo 4:8
2. "putong ng buhay" ni Santiago sa Santiago 1:12
3. "putong ng buhay" ni Hesus sa Pahayag 2:10; 3:11

Iyon ay isang simbolo ng tagumpay ng mananampalataya sa digmaan laban sa kasalanan, sarili, gayundin ang kanilang pagtitiis, matapat na pagdurusa para sa kapakanan ni Kristo.

**5:5 "kayong mga kabataan"** Sa Hudyong lipunan, isang tao ay ipinagpapalagay na bata hanggang sa apatnapung tao ang edad. Walang puwang o paghahamok sa loob ng nananampalatayang komunidad, ngunit paggalang sa isa't-isa (i.e., "gayundin" ng v. 5).

▣ **"magsisuko sa matatanda"** Ito ay isang AORIST BALINTIYAK NA PAUTOS na naglalarawan ng isang palagiang pamamaraan ng buhay. Ang konteksto ay nagpapahiwatig na ang "mga matatanda" ng v. 1 ay katulad ng "mga matatanda" ng v. 5. Gayunman, "mas bata" ay kailangang magpakilala ng pagkakaiba sa edad(cf. I Timoteo 5:1, na tumutukoy sa isang mas matandang tao, habang ang I Timoteo 5:17 ay tumutukoy sa isang pinuno ng iglesiya). Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagpapasakop sa 2:13.

▣ **"kayong lahat"** Si Pedro ay kumikilos mula sa mga pagpapaalala sa mga pinuno ng iglesiya at iba pang lalaki ng pagtitipon tungo sa lahat ng kasapi ng iglesiya (cf. taga-Efeso 5:21). Iyon ay napakahalaga na ang mga mananampalataya ay nauunawaan ang kanilang personal na pananagutan para sa kapayapaan at pagkakaisa sa pakikisama (cf. taga-Efeso 4:2-3).

▣ **"mangagbigkis"** Ito ay isang AORIST PANGGITNANG PAUTOS. Ang pagsusuot at pag-aalis ng kasuotan ay isang biblikal na wikain para sa etikal na pamumuhay ng mga mananampalataya (cf. Job 29:14; Mga Awit 109:29; Isaias 61:10; taga-Efeso 4:22,24,25,31). Inilalagay nila ang mga katangian ng Diyos at hinuhubad sa kanilang mga sarili ng anumang mapagmataas na espiritu.

Ang Griyegong termino para sa "damit" sa literal ay "bigkis." Iyon ay maaari na ipinapakita ni Pedro mga pagkilos ni Hesus sa itaas na silid, na nakatala sa Juan 13:2-11 (Binigkis ni Hesus ang Kaniyang sarili ng tapis ng isang alipin at hinugasan ang mga paa ng mga alagad). Nakita ni Pedro ang tunnay na pakumbabaan at ngayon, tinatawag ang mga mananampalataya sa tularan si Kristo (cf. taga-Filipos 2:8; Santiago 4:10).

▣ **"kapakumbabaan"** Ito ay isang tambalang termino ng "pakumbabaan" at "isipan." Tingnan ang tala sa 3:8.

▣ **"kayo-kayo"** Ito ay isang pagbibigay-diin sa komunidad (cf. 3:9; taga-Efeso 5:21). Ang mga mananampalataya ay pinagkaloob (at may kaloob, cf. I taga-Corinto 12:7) sa bawa't-isa. Tayo ay tatayo o mabubuwal nang magkakasama!

▣ **"sapagkat ang Diyos ay sumasalangsang sa mga palalo, datapuwat nagbibigay ng biyaya sa mga mapagpakumbaba"** Ito ay isang sipi mula sa Kawikaan 3:34 (cf. Santiago 4:6). Ang terminong "biyaya" ay ginamit sa kaunawaan nito sa OT ng "pabor."

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 5:6-11

**[6]Kayat kayo ay mangagpakababa sa ilalim ng makapangyarihang kamay ng Diyos, upang kayo ay kaniyang itaas sa kapanahunan; [7]Na inyong ilagak sa kaniya ang lahat ng inyong kabalisahan, sapagkat kayo ay ipinagmamalasakit niya. [8]Kayo ay maging mapagpigil, kayo ay maging mapagpuyat; ang inyong kalaban na diyablo, na gaya ng leong umuungal, ay gumagala na humahanap ng masisila niya: [9]Na siya ay labanan ninyong matatag sa inyong pananampalataya, yamang inyong nalalaman na ang mga gayong hirap ay nagaganap sa inyong mga kapatid na nangasa sanglibutan. [10]At ang Diyos ng buong biyaya na sa inyo ay tumawag sa kaniyang walang hanggang kaluwalhatian kay Kristo, pagkatapos na kayo ay makapagbatang sangdaling panahon, ay siya rin ang magpapasakdal, magpapatibay, at magpapalakas sa inyo. [11]Sumasakaniya nawa ang paghahari magpakailan man. Amen.**

**5:6 "kayo ay mangagpakababa"** Ito ay isang AORIST BALINTIYAK NA PAUTOS. Ito ay isang katangiang ni Hesus (cf. Mateo 11:29) na nagiging isang saligan para sa Kaniyang mga tagasunod (cf. Santiago 4:10).

▣ **"makapangyarihang kamay ng Diyos"** Ito ay isang antropomorpikong parirala (cf. Santiago 4:6,10) na nagpapahayag ng pagkalinga, pagtutustos, at matapat na pag-ibig ng Diyos, kahit na sa gitna ng pag-uusig. Siya ay ang "di-nakikitang kamay," gaya ng sa Ester!

▣ **"upang kayoy kaniyang itaas"** Ito ay nagpapakilala ng mga salita ni Hesus sa Mateo 23:12 at pagpapaalala ni Santiago sa Santiago 4:6. Si YHWH ay karaniwang ipinapakilala bilang sumasalangsang sa palalo at itinataas ang mapagpakumbaba (cf. Job 5:11; Mga Awit 138:6; Kawikaan 3:34; Ezekiel 17:24; 21:26).

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"sa kapanahunan"** |
| **NKJV, NRSV, NJB** | **"sa panahong darating"** |
| **TEV** | **"sa kaniyang sariling oras"** |

Sa konteksto, ito ay nagdadala ng dalawang teolohikong layunin: (1) sa kasalukuya, ang mga mambabasang ito ay dumadaan sa pag-uusig, hindi pagtataas at (2) ang panahon ng pagtataas ay sa Ikalawang Pagparito. Ang pagkaalisto, kababaang-loob, at walang pagkabalisa ay napakahalaga sa harap ng mga pag-uusig na kinasihan ni Satanas.

**5:7 "inyong ilagak sa kaniya ang lahat ng inyong kabalisahan"** Ito ay isang AORIST GANAP NA PANDIWARI na ginamit bilang isang PAUTOS at maaaring isang pagkabanggit sa Mga Awit 55:22 sa Septuagint. Ito ay isang wikain ng paglalagak sa kaisipa ng mga pagkabahala kay Kristo (cf. Mateo 6:25). Dinadala Niya sila para sa atin kahit na sa gitna ng pag-uusig at pagdurusa. Pinasan Niya ang ating kasalanan at ngayon Siya ang nagpapasan ng ating pagkabalisa at pagkatakot!

Ang mga mananampalataya ay magagawa ito dahil nalalaman natin na Siya ay nangangalinga para sa atin. Nalalaman natin ito mula sa:

1. Kaniyang kamatayan (cf. 2:22-24; 3:18)
2. Kaniyang pamamagitan (cf. I Juan 2:1-2)
3. Kaniyang pangangalaga (cf. 2:25; 5:4)

**5:8 "Kayo ay maging mapagpigil, kayo'y maging mapagpuyat"** Ang mga ito ay AORIST GANAP NA MGA PAUTOS. Ang mga mananampalataya ay gumagawa ng isang tiyak na pagpili na maging alisto ang pag-iisip (cf. Mateo 24:42; 25:13; 26:41; Marcos 13:35,37; 14:38; Mga Gawa 20:31; I taga-Corinto 16:13; taga-Colosas 4:2; I taga-Thesalonica 5:6,10; Pahayag 3:2- 3; 16:15). Binigyang-diin ni Pedero ang mga ito (i.e., mahinahon at alisto) sa nakaraan (cf. 1:13; 4:7). Ang pagiging alisto at wastong pag-iisip ay mapapangibabawan ang pagkabalisa at panunukso.

▣ **"ang inyong kalaban na diyablo"** Ang terminong "kalaban" ay nagpapakilala ng Hebreong titulo para kay Satanas (ginamit nang 36 beses sa NT), na nangangahulugang kaaway. Ang titulong "diyablo" (ginamit nang 37 beses sa NT) ay isang Griyegong tambalang "itapon sa kabilang panig" na nangangahulugang magpukol ng mga paninirang-puri. Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

## NATATANGING PAKSA: PERSONAL NA KASAMAAN (PERSONAL EVIL)

I. SI SATANAS AY ISANG NAPAKAHIRAP NA PAKSA

A. Ang OT ay hindi naghahayag ng punong kaaway ng mabuti, ngunit isang lingkod ni YHWH na nagbibigay sa sangkatauhan ng isang kapalit at nagbibintang sa sangkatauhan sa kawalang katuwiran (A. B. Davidson, *Old Testament Theology,* pp. 300-306).

B. Ang pagkaunawa sa isang personal na punong kaaway ng Diyos ay lumago sa mga panitikang *inter-biblikal* (wala sa kanon) sa ilalim ng inpluwensiya ng relihiyong Persiyano (*Zoroastrianism*). Ito, sa kabilang banda, ay malaki ang inpluwensiya sa rabinikal na Judaismo (i.e., ang pagpapatapon ng Israel sa Babilonya, Persya).

C. Ang NT ay pinaunlad ang paksa ng OT sa nakakagulat na katapangan, ngunit sa mga piling, mga uri.

Kung ang isa ay lalapit sa pag-aaral ng kasamaan mula sa pananaw ng teolohiyang biblikal (bawat aklat o may-akda o genre ay may bukod na pag-aaral at pagbabalangkas) kung gayon ay may mga iba't-ibang mga pananaw sa kasamaan ay nahahayag.

Kung, subalit, ang isa ay lalapit sa pag-aaral sa kasamaan mula sa isang di-biblikal o labas sa bibliyang paglapit sa mga relihiyon ng mundo o silangang mga relihiyon, kung gayon maraming pag-unlad sa NT ay anino sa Persyanong dualismo at espiritualismo ng *Greco-Roman.*

Kung ang isa ay may paunang-pagpapalagay ng pagtitiwala sa kapamahalaan ng Banal na Kasulatan, gayunman ang pag-unlad ng NT ay kailangang tingnan bilang isang lumalagong kapahayagan. Ang mga Kristiyano ay kailangang magbantay laban sa pagpayag na ang kwentong Hudyo o panitikang Ingles (i.e., Dante, Milton) na lalong malinawagan ang mga kaalaman. May mga tiyak sa hiwaga at kalabuan sa bahaging ito ng kapahayagan. Pinili ng Diyos na hindi ihayag ang lahat ng aspeto ng masama, ang panimula, ang layunin, ngunit kanyang inihayag ang pagkatalo nito!

II. SATANAS SA LUMANG TIPAN

Sa OT ang salitang Satanas (BDB 966) o tagapag-usig ay tila maiuugnay sa tatlong magkakaibang pangkat

A. taong tagapag-usig (I Samuel 29:4; II Samuel 19:22; I Hari 11:14,23,25; Awit 109:6)

B. maka-anghel na tagapag-usig (Bilang 22:22-23; Zacarias 3:1)

1. ang Anghel ng Panginoon – Bilang 22:22-23
2. Satanas – 1 Cronica 21:1; Job 1-2; Zacarias 3:1

C. demonyong (maaaring si Satanas) tagapag-usig (I Cronica 21:1; I Hari 22:21; Zacarias 13:2)

Noon lamang mga huling bahagi ng panahon sa pagitan ng dalawang kasunduan, ang ahas sa Genesis 3 ay naiugnay kay Satanas (cf. Aklat ng Karunungan 2:23-24; II Enoch 31:3), at sumunod na naging rabinikal na pamimilian (cf. *Sot* 9b and *Sanh*. 29a). Ang "mga anak ng Diyos" ng Genesis 6 ay naging masamang anghel sa I Enoch 54:6. Sila ang naging simula ng kasamaan sa rabinikal na teolohiya. Binanggit ko ito, hindi upang bigyang-diin ang katumpakang teolohikong, ngunit upang ipakita ang kanyang paglago. Sa NT ang mga pangyayari sa OT ay inuugnay sa mala-anghel, personal na kasamaan (i.e., Satanas) sa II taga-Corinto 11:3; Pahayag 12:9.

Ang pinagmulan ng personal na kasamaan ay mahirap o imposibleng (nababatay sa iyong pananaw) malaman mula sa OT. Isang dahilan nito ay nag malakas na paniniwala ng Israel sa iisang Diyos (cf. I Hari 22:20-22; Eccl. 7:14; Isaias 45:7; Amos 3:6). Ang lahat ng sanhi ay inuukol sa Diyos upang maipakita ang Kanyang pagiging tangi at pagiging mataas (cf. Isaias 43:11; 44:6,8,24; 45:5-6,14,18,21,22).

Ang mga pinagmulan ng maaaring kaalaman ay (1) Job 1-2, kung saan si Satanas ay isa sa mga "anak ng Diyos" (i.e., mga anghel) o (2) Isaias 14; Ezekiel 28, kung saan ang mayabang na mga haring nasa malapit na silangan (Babilonya at Tiro) ay ginamit upang ilarawan ang kayabangan ni Satanas (cf. I Timoteo 3:6). Mayroon akong magkahalong damdamin patungkol sa paglapit na ito. Si Ezekiel ay gumagamit ng mga talinghaga ng Hardin ng Eden hindi lang sa hari ng Tirobilang si Satanas (cf. Ezekiel 28:12-16), ngunit gayundin para sa hari ng Ehipto bilang Puno ng Pagkaalam ng Mabuti at Masama (Ezekiel 31). Subalit, ang Isaias 14, partikular sa vv. 12-14, ay tila naglalarawan ng isang paghihimagsik ng mga anghel sa pamamagitan ng kayabangan. Kung ang Diyos ay nais na ihayag sa atin ang partikular na kalikasan at pinagmulan ni Satanas ito ay lubhang di-ganap na paraan o lugar na gawin ito. Kailangan nating magbantay laban sa pagpapasikat ng sistematikong teolohiya sa pagkuha ng maliliit, malabong mga bahagi ng iba't-ibang mga kasunduan, mga may-akda, mga aklat, at mga uri ng panitikan at ang pagsasama nila bilang mga piraso ng isang palaisipang pang-Diyos.

III. SATANAS SA BAGONG TIPAN

Si Alfred Edersheim (*The Life and Times of Jesus the Messiah*, tomo 2, dagdag-dahon XIII [pp. 748-763] at XVI [pp. 770-776]) ang nagsabing na ang rabinikal na Judaismo ay lubhang naimpluwensiyahan ng Persyanong dualimso at mga demonyong pagpapalagay. Ang mga rabi ay hindi isang mabuting paggagalingan ng katotohanan para sa bahaging ito. Si Hesus ay radikal ang paghihiwalay sa mga katuruan ng Sinagoga. Sa aking pang-unawa ang rabinikal na pagkakaunawa sa pagpapagitan sa mga anghel at ang pagsalungat ng pagbibigay ng kautusan ka Moises sa Bundok ng Sinai ay nagbukas ng pintosa kaunawaanng isang punong anghel na kaaway ni YHWH gayundin ang sangkatauhan. Mayroong dalawang mataas na diyos ang Iranyong (*Zoroastrian*) dualismo (Zoroastrianismo).

1. *Ahura Mazda*, nang lumaon ay tinawag na *Ohrmazd*, na siyang manlilikhang diyos, ang mabuting diyos
2. *Angra Mainyu*, nang lumaon ay tinawag na *Ahriman*, ang mapangwasak na espiritu, ang masamang diyos

Siya ay naglalaban para sa pangingibabaw na ang mundo ang lugar ng digmaan. Ang dualismong ito ay umunlad sa isang may hangganang pang-Hudyong dualismo ni YHWH at Satanas.

Mayroong tiyak na nagpapatuloy na pahayag sa NT tulad ng paglago ng kasamaan, ngunit hindi upang ipaliwanag nang husto katulad ng sinasabi ng mga rabi. Isang magandang halimbawa nito ay ang "digmaan sa kalangitan." Ang pagbagsak ni Satanas ay isang lohikal na pangangailangan, ngunit ang mga detalye ay hindi binigay. Kahit na kung ano ang binigay may lambong ng genre na *apocalyptic* (cf. Pahayag 12:4,7,12-13). Bagaman si Satanas ay natalo na at ipinatapon sa mundo, siya pa rin ay gumaganap bilang isang lingkod ni YHWH (cf. Mateo 4:1; Lucas 22:31-32; I taga-Corinto 5:5; I Timoteo 1:20).

Kailangan nating pigilin ang pagkasabik sa bahaging ito. May isang personal na lakas ng tukso at kasamaan, ngunit mayroon pa ring iisang Diyos at ang sangkatauhan ay may pananagutan sa kanyang mga pagpili. May-roong isang Espirituwal na pakikidigma, kapwa bago at pagkatapos ng kaligtasan. Ang tagumpay ay maaari lamang dumating at manatili sa at pamamagitan ng Trinidad na Diyos. Ang kasamaan ay natalo na at matatanggal (cf. Pahayag 20:10)!

▣ **"na gaya ng leong umuungal"** Ang talinghagang ito sa hayop para kay Satanas ay maaaring nagmula sa OT.
1. simbolo ng makapangyarihang kaaway (cf. Mga Awit 7:2; 10:2; 17:12; 22:13,21; II Timoteo 4:17)
2. isa sa mga paraan ng Diyos upang hatulan ang Kaniyang bayan (cf. II Mga Hari 17:25; Isaias 15:9; Jeremias 50:17)

▣ **"gumagala na humahanap ng masisila niya"** Ang pangwakas na layunin ni Satanas ay nahayag—pagkawasak at kamatayan. Siya ay isang kaaway ng lahat ng mabuti, maka-Diyos, at tunay.

**5:9 "siya'y labanan ninyo"** Ito ay isa pang AORIST GANAP NA PAUTOS. Kay Hesus, ang mga mananampalataya ay may kapangyarihan na labanan ang kasamaan at ang isang masama! Sa Santiago 4:7, ang katulad na pagpapaalalang ito ay nauugnay kay Satanas na tumatakas, ngunit dito iyon ay nauugnay sa nagpapatuloy na pagdurusa at pag-uusig. Ang tagumpay laban sa kasamaan ay <u>hindi</u> ang kawalan ng pagdurusa!

▣ **"matatag sa inyong pananampalataya"** Ang mga mananampalataya ay kailangang magpatuloy sa kanilang pananampalataya (cf. taga-Colosas 2:5). Ang kasaganahan at kalusugan ay hindi palaging mga tanda ng mga pagpapala ng Diyos (cf. Job, Mga Awit 73). Ang mga mananampalataya ay kailangang palakasin ang kanilang pananampalataya sa anuman at lahat ng pagkakataon. Ang pagpapatuloy ay napakahalaga (cf. Mga Gawa 14:22; taga-Roma 8:17).

## NATATANGING PAKSA: PANGANGAILANGAN NG PAGTITIS (PERSEVERANCE)

Ang biblikal na aral na may kaugnayan sa buhay Kristyano ay mahirap maipaliwanag dahil ipinapakita ito ang

mga karaniwang silanganing *dialectical* na tambalan (tingnan ang Natatanging Paksa: Silangang Panitikan [mga biblikal na kabalintunaan]). Ang mga tambalang ito ay tila magkasalungat, ngunit kapwa biblikal. Ang mga Kristiyanong kanluranin ay gumawi sa pagpili ng isang katotohanan at baliwalain o pababain ang kabilang katotohanan. Hayaan mong aking ilarawan.

1. Ang kaligtasan ba ay isang panimulang pagpapasiya na pagkatiwalaan si Kristo o isang panghabang-buhay na pagtupad sa pagiging alagad ni Kristo?
2. Ang kaligtasan ba ay isang pagpili sa pamamagitan ng biyaya mula sa isang makapangyarihang Diyos o ang pananampalataya at pagsisisi ng tao bilang tugon sa isang alok ng Diyos?
3. Ang kaligtasan ba, na minsang matanggap, ay hindi na mawawala, o mayroong pangangailang para sa nagpapatuloy na pagpapagal?

Ang isyu ng pagtitiis ay puno ng pagtutol sa buong kasaysay ng iglesiya. Ang suliranin ay nagsisimula sa tila magkasalungat ng mga talata ng NT:

1. mga talata sa katiyakan
   a. mga pahayag ni Hesus (Juan 6:37; 10:28-29)
   b. mga pahayag ni Pablo (taga-Roma 8:35-39; taga-Efeso 1:13; 2:5,8-9; taga-Filipos 1:6; 2:13; II T taga-Thesalonica. 3:3; II Timoteo 1:12; 4:18)
   c. mga pahayag ni Pedro (I Pedro 1:4-5)
2. mga talata sa pangangailangan ng pagtitiis
   a. mga pahayag ni Hesus sa mga Sinoptikong Ebanghelyo (Mateo 10:22; 13:1-9,24-30; 24:13; Marcos 13:13)
   b. mga pahayag ni Hesus sa Ebanghelyo ni Juan (Juan 8:31; 15:4-10)
   c. mga pahayag ni Pablo (taga-Roma 11:22; I taga-Corinto 15:2; II taga-Corinto 13:5; taga-Galacia 1:6; 3:4; 5:4; 6:9; taga-Filipos 2:12; 3:18- 20; taga-Colosas 1:23; 2 Timoteo 3:2)
   d. mga pahayag ng may-akda ng Hebreo (2:1; 3:6,14; 4:14; 6:11)
   e. mga pahayag ni Juan (1 Juan 2:6; 2 Juan 9; Pahayag 2:7, 17, 26; 3:5, 12, 21; 21:7)

Ang biblikal na kaligtasan ay nagmumula sa pag-ibig, awa, at biyaya ng isang makapangyarihan na Trinidad na Diyos. Walang tao ang maliligtas maliban na magsimulang kumulos ang Espiritu (cf. Juan 6:44,65). Ang Diyos ang unang lalapit at magtatakda ng *adyenda*, ngunit hinihingi na mga tao ay kailangang tumugon sa pananampalataya at pagsisisi, sa kapwa pasimula t pagpapatuloy. Ang Diyos ay gumagawa sa sangkatauhan sa isang kasunduang pakikipag-ugnayang. May mga tanging karapatan <u>at</u> mga pananagutan!

Ang kaligtasan ay inaalok sa lahat ng mga tao. Ang kamatayan ni Hesus ay tumugon sa suliraning kasalanan ng nalugmok na nilikha. Ang Diyos ay nagbigay ng isang daan at nais na ang lahat na nilalang ayon sa Kanyang larawan ay tumugon sa Kanyang pag-ibig at inilaan kay Hesus.

Kung gusto mong magbasa pa sa paksang ito mula sa pananaw na *non-Calvinistic*, tingnan sa

1. Dale Moody, *The Word of Truth*, Eerdmans, 1981 (pp. 348-365)
2. I. Howard Marshall, *Kept by the Power of God*, Bethany Fellowship, 1969
3. Robert Shank, *Life in the Son*, Westcott, 1961

Ang Bibliya ay tumutukoy sa dalawang magkaibang mga suliranin sa bahaging ito: (1) pagkuha sa katiyakan bilang lisensiya sa buhay na walang bunga, maka-sariling mga buhay at (2) himukin ang mga nakikihamok sa pang-gawain at pag-sariling kasalanan. Ang suliranin ay ang mga maling pangkat ay makakakuha ng maling mensahe at bumuo ng sistemang teolohikal sa mga iilang talata. May mga Kristiyanong may malubhang pangangailangan ng mensahe ng katiyakan, ang iba naman ay kailangan ng mga mahigpit na babala! Saan pangkat ka kabilang?

Mayroong isang makasaysayang teolohikong pagtatalo na nagsasangkot kay Augustine laban kay Pelagius at Calvin laban kay Arminius (semi-Pelagian). Ang isyu ay nagsasangkot sa katanungan ng kaligtasan: kung ang isa ay tunay na naligtas, dapat ba siyang magtiis o magsumikap sa pananampalataya at pamumunga?

Ang mga Calvinists ay inihanay yaong mga biblikal na mga teksto na naninindigan na dakila at nagpapanitiling kapangyarihan ng Diyos (Juan 10:27-30; taga-Roma 8:31-39; I Juan 5:13,18; I Pedro 1:3-5) at mga PANDIWA PANAHUNANG gaya ng GANAP BALINTIYAK PANDIWARI ng taga-Efeso 2:5,8.

Ang mga Arminians ay inihanay yaong mga biblikal na mga teksto na nagbababal sa mga mananampalataya na "kumapit," "makatagal," o "magpatuloy" (Mateo 10:22; 24:9-13; Marcos 13:13; Juan 15:4-6; I taga-Corinto 15:2; taga-Galacia 6:9; Pahayag 2:7,11,17,26; 3:5,12,21; 21:7). Ako ay personal na hindi naniniwala na ang Hebreo 6 at 10 ay magagamit, ngunit marami sa mga Arminians ay ginamit ang mga ito bilang babala laban sa apostasya. Ang parabula ng Tagahasik sa Mateo 13 at Marcos 4 ay tinutugunan ang isyu na tila pananampalataya, gaya ng ginawa ng Juan 8:31-59. Sinasabi nga ng mga Calvinists ang GANAP PANAHUNANG PANDIWA ay ginamit upang ilarawan ang kaligtasan, ang mga Arminians ay binanggit ang PANGKASALUKUYAN PANAHUNANG mga sipi gaya ng I taga-Corinto 1:18; 15:2; II taga-Corinto 2:15.

Ito ay isang perpektong halimbawa kung paano ang teolohikong sistema ay inabuso ang pruwebang-teksto metodolohiya ng pagbibigay kahulugan. Madalas isang gabay na prinsipyo o pangunahing teksto ang ginamit upang buuin ang isang teolohikong grid na kung saan lahat ng ibang teksto ay nakikita. Maging maingat sa mga grid na

mula sa anumang pinanggalingan. Sila ay nagmula sa kanluraning lohiko, hindi kapahayagan. Ang Bibliya ay silanganing aklat. Ito ay kumakatawan sa katotohan ng puno ng pag-iigting, waring kabalintunaan mga pares. Ang mga Kristyano ay inaasahang maninindigan sa pareho at mamuhay sa loob ng pag-iigting. Ang NT ay kumakatawan sa parehong seguridad ng mananampalataya at ang paghahangad ng nagpapatuloy na pananampalataya at pagiging makadiyos. Ang Kristyanismo ay isang pasimula na pagtugon ng pagsisisi at pananampalataya na sinusundan ng isang nagpapatuloy na pagtugon ng pagsisisi at pananampalataya. Ang kaligtasan ay hindi isang produkto (isang tiket o isang pansegurong patakaran sa sunog), ngunit isang pakikipagrelasyon. Ito ay isang desisyon at pagdidisipulo. Ito ay inilarawan sa NT sa lahat ng PANDIWANG PANAHUNAN:

- AORIST (natapos na pagkilos), Gawa 15:11; taga-Roma 8:24; II Timoteo 1:9; Tito 3:5
- GANAP (natapos na pagkilos na may kasamang nagpapatuloy na resulta), taga-Efeso 2:5,8
- PANGKASALUKUYAN (nagpapatuloy na pagkilos), I taga-Corinto 1:18; 15:2; II taga-Corinto 2:15
- PANGHINAHARAP (panghinaharap na pangyayari o tiyak na mga pangyayari), taga-Roma 5:8,10; 10:9; I taga-Corinto 3:15; taga-Filipos 1:28; I taga-Thesalonica. 5:8-9; Hebreo 1:14; 9:28

▣ **"amang inyong nalalaman na ang mga gayong hirap ay nagaganap sa inyong mga kapatid na nangasa sanglibutan"** Si Pedro ay gumagamit ng karaniwang karanasan ng mga mananampalataya na nakakalat sa Emperyong Romano bilang isang pagbibigay-sigla sa mga inuusig na mananampalataya. Ang kanilang karanasan ay hindi di-karaniwan, ngunit normal.

**5:10 "pagkatapos na kayo ay makapagbatang sangdaling panahon"** Ito ay tumutukoy sa buhay na ito (cf. 1:6).

▣ **"ang Diyos ng buong biyaya"** Ang pag-asa ng lahat ng mga mananampalataya ay ang palagian, di-nagbabagong katangian ng isang mapagmahal, mapagbiyaya, mahabaging Diyos. Bagamat nabubuhay tayo sa isang nalugmok na mundo ng kasamaan at paghihimagsik, kapag tayo ay nagtitiwala sa Kaniya, walang makakapaghiwalay sa atin mula sa Kaniya (cf. taga-Roma 8:31-39).

Ang NIDOTTE, tomo 2, pp. 78-79, ay may isang kahanga-hangang tala ng ang GENITIVE na pariralang ginamit sa paglalarawan ng Diyos.

1. Diyos ng kapayapaan – taga-Roma 15:33; 16:20; I taga-Corinto 14:33; I taga-Thesalonica 5:23; taga-Filipos 4:9; Mga Hebreo 13:20
2. Diyos ng kahabagan – Lucas 1:78
3. Diyos ng lahat ng kaaliwan – taga-Roma 12:1; II taga-Corinto 1:3
4. Diyos ng lahat ng biyaya – I Pedro 5:10,12
5. Diyos ng pag-ibig – I taga-Corinto 13:11
6. hindi ang Diyos ng pagkalito – I taga-Corinto 14:33

▣ **"na sa inyo ay tumawag sa kaniyang walang hanggang kaluwalhatian kay Kristo"** Ito ay isa pang pagbibigay-diin sa ating pagkakilanlan kay Kristo. Tayo ay kinilala kasama Niya ngayon sa Kaniyang kamatayan (cf. taga-Roma 6:4) at pagdurusa (cf. taga-Roma 8:17), ngunit gayundin ang Kaniyang muling pagkabuhay at kaluwalhatian (cf. II taga-Corinto 4:17; II Timoteo 2:10). Ang walang-hangang kaluwalhatiang ito ay tanging darating sa karanasan sa pisikal na kamatayan o Ikalawang Pagparito!

**5:11 "siya rin ang magpapasakdal, magpapatibay, at magpapalakas sa inyo"** Ang layunin ng Diyos para sa lahat ng mga mananampalataya ay pagiging wangis kay Kristo sa pamamagitan ng pagdurusa at paghahamok (cf. 4:13; taga-Roma 8:17; II taga-Corinto 1:5,7; taga-Filipos 3:19; II Timoteo 2:12; Mga Hebreo 2:10; 5:8). Ngunit, Siya mismo ang nagkakaloob ng lahat na kinakailangan. Dito muli ang kabalintunaang konsepton ng kasunduan. Ginawa ng Diyos ang Kaniyang bahagi at tayo ay kailangang gawin ang ating bahagi!

▣ **"Sumasakaniya nawa ang paghahari magpakailan man"** Muli nitong ipinahayag ang 4:11, maliban sa ito ay walang ANDIWA. Napakaraming paksa ng I Pedro (tulad ng I Juan) ay tulad ng mga huwaran sa mga tapiserya o mga himig sa musikong inuulit na may bahagyang pagkakaiba. Diyos ay may kapangyarihan sa lahat ng mga bagay (cf. taga-Roma 11:36).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 5:12-14a

**[12]Sa pamamagitan ni Silvano, na tapat nating kapatid, ayon sa aking palagay sa kaniya, ay sinulatan ko kayo ng maiksi, na aking iniaaral at sinasaksihan na ito ang tunay na biyaya ng Diyos: magsitibay kayo dito. [13]Binabati kayo ng nasa Babilonya, na kasamang hinirang; at ni Marcos na aking anak. [14a]Mangagbatian kayo ng halik ng pagibig.**

**5:12 "Sa pamamagitan ni Silvano"** Ito si Silas ng Mga Gawa 15:40. Ang taon ito ang sanggunian ni Pedero, kasama si Juan Marcos, ng teolohiya at mga sulat ni Pablo. Ang mga sulat ni Pedro ay lubhang katulad kay Pablo sa maraming

paraan.

Mayroong maraming haka-haka patungkol ugnayan ng pariralang ito sa pagiging may-akda ng I Pedro. Sa aking palagay, walang dudang gumamit si Pedro ng isang tagasulat, ngunit iyon ba si Silvano? Isang nakakawiling artikulo sa *Journal of the Evangelical Theological Society*, tomo 43 bilang 3, pp. 417-432, na pinamagatang "Silvanus Was Not Peter's Secretary" ni E. Randolph Richards, ang nagpatotoo sa aking, na ang pariralang ito ay tumutukoy kay Silvano na nagdadala ng sulat sa mga mambabasa nito, hindi kinakailangang isinulat iyon para kay Pedro.

## NATATANGING PAKSA: SILAS/SILVANO (SILAS/SILVANUS)

Si Silas, o Silvano, ay ang taong pinili ni Pablo na makasama sa ikalawang pang-misyong paglalakbay matapos na bumalik sina Bernabe at Juan Marcos patungong Chipre (i.e., pagtatalo ukol kay Marcos, cf Mga Gawa 15:36-39).

A. Siya ay unang binanggit sa Bibliya sa Mga Gawa 15:22 kung saan siya ay tinatawag na isang pinuno sa mga kapatiran ng Iglesiya sa Herusalem.
B. Siya rin ay isang propeta (cf. Mga Gawa 15:32).
C. Siya ay isang mamamaya ng Roma tulad ni Pablo (cf. Mga Gawa 16:37).
D. Siya at Hudas Barsabbas ay ipinadala sa Antioch ng Iglesiya sa Herusalem Iglesiya upang suriin ang kalagayan (cf. Mga Gawa 15:22,30-35).
E. Binanggit siya ni Pablo sa II taga-Corinto 1:19 bilang isang kasamang pangangaral ng ebanghelyo.
F. Nang huli, siya ay kinilala kasama si Pedro sa pagsusulat ng I Pedro. (cf. I Pedro 5:12; marahil ito ang dahilan kung bakit si Pedro ay katulad magsulat ni Pablo).
G. Kapwa sila Pablo at Pedro ay tinatawag siyang Silvano habang si Lucas ay tinatawag siyang Silas (ang Aramaikong anyo ng Saul). Iyong ay maaari na Silas ang kaniyang pang-Hudyong pangalan at Silvano ang kaniyang pangalan sa Latin. (cf. F. F. Bruce, *Paul: Apostle of the Heart Set Free*, p. 213).

▣ **"ang tunay na biyaya ng Diyos"** Sa pamamagitan ng petsa ng mga sulat ni Pedro, iba pang mga pananaw kay Hesus ay lumago. Ipinapahayag ni Pedero na mayroon ngunit isang tunay na biyaya—ang ebanghelyo. Kadalasang binibigyang-diin ni Pedro ang biyaya ng Diyos sa I Pedro (cf. 1:10,13; 2:3; 3:7; 4:10; 5:5,10,12). Ang ebanghelyo ni Hesukristo ay tunay na nagpapakilala sa puso ni YHWH. Iyon ay tinatawag na "tunay" dito, dahil iyon ay naranasan sa mga buhay ang mga nagdurusang mga mananampalataya!

▣ **"magsitibay kayo dito"** Ito ay isang AORIST GANAP NA PAUTOS. Ito ay mahalaga sa araw ng pag-uusig. "Ang pagtayo" ay nauugnay sa "magsitibay sa iyong pananampalataya" sa v. 9. Iyon ay isang pag-uugali tungo sa Diyos, tungo kay Kristo at palayo sa sa kasalanan, sa sarili, at kay Satanas. Iyon ay isang panghukbong termino sa taga-Efeso 6:11,13,14. Ginagamit iyon ni Pablo sa maraming iba't-ibang paraan.

1. pang-ebanghelyong buod sa I taga-Corinto 15:1
2. paliwanag ng "pagpapawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya" sa taga-Roma 5:2
3. mga pagpapaalala sa mga Hentil na panatilihin ang pananampalataya sa taga-Roma 11:20
4. babala tungkol sa espirituwal na kayabangan sa I taga-Corinto 10:12

Ang mga mananampalataya ay pangkasunduang pananagutan sa manandigan! Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagtitiis sa 5:9.

**5:13 "kayo"** Ang mga iglesiya ay kadalasang pinapakilala bilang babae (cf. II Juan) maaaring dahil sa konsepto ng OT kay YHWH bilang asawang lalaki at ang Israel bilang asawang babae (cf. Osea 1-3). Ang iglesiya ay ang asawa in Kristo (cf. taga-Efeso 5:21-31).

▣ **"Babilonya"** Ito ay maaaring isang kriptikong sanggunian sa Roma (cf. Pahayag 14:8; 17:5; 18:2,10; *Sibylline Oracles* 5:143,152; Baruch 9:1). Ang Roma, sa panahon ni Pedro, ay sagisag ng kapangyarihan ng mundo sa OT (i.e., Assyria, Babilonya, Persia). Iyon ay karaniwang isang sistema ng kapangyarihan sa mundo, kayabangan, at pagsamba sa diyus-diyosan na malayo sa Diyos (cf. taga-Efeso 2:2a).

Ang susulat ni Pedro mula sa pugad ng mabangin sa hayop mismo. Ang mga iglesiya ng Diyos ay tinatag sa nasasakupan ng kaaway.

▣ **"Marcos"** Ito ay tumutukoy sa Juan Marcos. Ang sinaunang iglesiya ay nagpupulong sa bahay ng kaniyang pamilya sa Herusalem (cf. Mga Gawa 12:12). Iyon din ay lugar ng pagpapakita ng Panginoon pagkatapos ng muling pagkabuhay at ang pagdating ng Espiritu.

Sinamahan ni Juan Marcos si Pablo at kaniyang pinsan na si Bernabe (cf. taga-Colosas 4:10) sa unang pang-misyong paglalakbay (cf. Mga Gawa 12:25-13:13). Para sa ilang dahila, siya ay tumakas sa pangkat at bumalik sa tahanan (cf. Mga Gawa 15:38). Ninais ni Bernabe na isama siya sa ikalawang pang-misyong paglalakbay, ngunit tinanggihan ni Pablo (cf. Mga Gawa 15:36-41). Ito ay nagbunga sa paghihiwalay nina Pablo at Bernabe. Kinuha ni Bernabe si Juan Marcos patungong Chipre (cf. Mga Gawa 15:39). Nang lumaon, habang nasa bilangguan si Pablo, binabanggit niya si Juan Marcos sa isang positibong paraan (cf. taga-Colosas 4:10) at hanggang sa ikalawang pagkabilanggo ni Pablo sa

Roma, bago lamang ang kaniyang kamatayan, binabanggit niya muli si Juan Marcos (cf. II Timoteo 4:11).

Tila si Juan Marcos ay naging bahagi ng pang-misyong pangkat ni Pedro (cf. I Pedro 5:13). Si Eusebio, sa kaniyang *Eccl. His.* 3:39:12, ay nagkakaloob sa atin ng isang nakakawili salaysay sa kaugnayan ni Juan Marcos kay Pedro.

> "Sa kaniyang sariling aklat, si Papias ay nagkakaloob sa atin ng mga tala ng mga kasabihan ng Panginoon na nagmula sa Aristion o tuwirang natutunan sa presbiterong si Juan. Dahil dinala ang mga ito sa pansin ng mga pantas, kailangang kong tingnan mula ang mga pahayag na sinipi na mula sa kaniya na may isang piraso ng impormasyon na kaniyang inihahayag tungkol kay Marcos, ang manunulat ng ebanghelyo:
>
> Ito rin ay palaging sinasabi ng prisbero. 'Si Marcos, na tapagpaliwanag ni Pedro, ang maingat na isinulat, ngunit hindi sa pagkakasunod-sunod, lahat ng kaniyang naalalang mga winika at mga ginawa ng Panginoon. Para sa kaniya na hindi narinig ang Panginoon o naging isa sa Kaniyang mga tagasunod, ngunit nang lumaon, katulad ng sinabi ko, galing kay Pedro. Inaakma ni Pedro ang kaniyang turo sa pagkakataon, na hindi gumagawa ng isang sistematikong pagsasaayos ng mga sinasabin ng Panginoon, kaya si Marcos ay lubhang katanggap-tanggap sa pagsusulat ng ilang mga bagay gaya lamang ng naaalala niya sa kanila. Dahil mayroon siyang isang tanging layunin — na walang makalimutan sa kaniyang narinig, at huwag gumawa ng maling pahayag pagtungkol dito'" (p. 152).

Sa siping ito, si Papias ay tumutukoy sa "Juan ang Matanda," sa *Against Heresies* 5:33:4, sinasabin ni Ireneo na "at ang mga bagay na ito ay naging saksi sa sulat ni Papias, ang tagapakinig ni Juan, at isang kasamahan ni Polycarp." Ito ay nagpapahiwatig na narinig iyon ni Papias mula kay Juan ang Apostol. Muling isinatitik ni Juan Marcos ang mga alaala at mga pangangaral ni Pedro tungkol kay Hesus sa isang Ebanghelyo.

**5:14 "ng halik ng pagibig"** Ito ay karaniwang pangkulturang pagbati sa gitna ng mga miyembro ng pamilya. Iyon ay sinimulang ipatupad ng pamilya ng Diyos (cf. taga-Roma 16:16; I taga-Corinto 16:20; II taga-Corinto 13:12; I taga-Thesalonica 5:6). Noong ikaapat na siglo A.D. ang paghalik na ito ay limitado sa kaparehong kasarian dahil sa mga pang-aabuso sa loob ng iglesiya at maling pagkaunawa mula sa labas ng iglesiya. Ang ritwal ng pagsasamang pagkilos ay isang palagiang bahagi ng ang Hapunan ng Panginoon o Pistang Pag-ibig.

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 5:14b**

**[14b]Kapayapaan nawa ang sumainyong lahat na na kay Kristo.**

**5:14b** Tanging silang na kay Kristo ang magkakamit ng kapayapaan (cf. Lucas 2:14). Silang mayroong kapayapaan ni Kristo ay kadalasang walang kapayapaan sa mundo (cf. Mateo 10:34; Lucas 12:49-53; Juan 14:27).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Itala at ipaliwanag ang mga terminong NT na ginamit para sa ang pinuno ng lokal na bahay-iglesiya.
2. Itala ang apat na mga pagpapaalala sa mga pastor sa vv. 2-3.
3. Itala ang mga pagkabanggit sa personal na pagkikita ni Pedro kay Hesus na binanggit sa kabanatang ito.
4. Paano maiuugnay ang pagdurusa sa Kristiyanong paglago? Sa Diyablo?

# PANIMULA SA II PEDRO

## MGA PANIMULANG PAHAYAG

A. Ang layunin o saklaw ng panimulang ito ay hindi tatalakay sa detalye ng mga suliraning kaugnay sa pagkamay-akda ng II Pedro. Personal kong napagpasyahan na hindi kapani-paniwala ang dahilan upang tanggihan ang pagkamay-akda ni Pedro. Three sources have been helpful sa thinking sa pamamagitan ng ito isyu.
1. artikulo ni Bruce M. Metzger, "Literary Forgeries and Canonical Pseudepigrapha" sa *The Journal of the Society of Biblical Literature*, 1972, pp. 3-24.
2. artikulo ni Michael J. Kruger, "The Authenticity of 2 Pedro" sa *The Journal of the Evangelical Theological Society,* tomo 42, bilang 4, pp. 645-671.
3. aklat ni E. M. B. Green, *2 Peter Reconsidered*, Tyndale Press, 1961.

B. Sa aking pag-unawa sa posibilidad na ang II Pedro ay hindi isinulat ni Pedro, maraming mga bagay ang sumasagi sa aking isipan.
1. Kung sinuman ang nagsulat ng II Pedro ay hindi mababago ang aking pananaw na iyon ay kinasihang at mapagkakatiwalaan. Ang pagkamay-akda ay nakakaapekto sa *hermeneutics*, hindi sa inspirasyon, na isang pagpapaunang kaalamang pananampalataya at isang madodokomentong pangkasaysayang proseso.
2. Bakit ako mababahala sa walang pangalang akda? Tila ang unang siglo Greco-Romanong mundo ay kinasanayan ang ganoon (artikulo ni Metzger).
3. Hindi ko ba nais na pahintulutan iyon dahil ng aking sariling mga pagtatangi o ako ba ay may kakayahang maging matapat sa pagsusuri ng pangkasaysayanat tekstwal na katibayan? Ang tradisyon ba ay inilalantad sa aking sa isang may katiyakang pagwawakas?
4. Ang sinaunang iglesiya ay inuusisa ang pagkamay-akda ni Pedro, ngunit hindi ang mensahe ng aklat (maliban sa Siryanong iglesiya). Iyon ay isang orthodox na mensahe sa teolohikong pagkakaisa sa iba pang mga aklat sa NT na maraming kaugnayan sa mga pangangaral ni Pedro sa Mga Gawa.

C. Si Eusebio ay ginamit ang tatlong kaurian sa paglalarawa ng mga Kristiyanong sulat:
1. tinanggap
2. pinagtatalunan
3. hindi tunay

Ibinilang niya ang II Pedro kasama ng Santiago, Hudas, II Juan, at III Juan sa uring 2 (i.e., pinagtatalunan). Tinanggap ni Eusebio ang I Pedro; may pagduruda sa II Pedro, at tinanggihan bilang hindi tunay ang iba pang inaakalang mga sulat ni Pedro (1) ang Mga Gawa ni Pedro; (2) ang Ebanghelyo ni Pedro; (3) ang Pangangaral ni Pedro; at (4) ang Pahayag ni Pedro.

## PAGKAMAY-AKDA

A. Ito ang pinakapinagtalunang aklat sa NT na nasa tradisyonal na pagkamay-akda.

B. Ang mga dahilan para sa mga pagdurudang ito ay kapwa panloob (ang paraan at nilalaman) at panlabas (huling pagtanggap nito).

**MGA PANLOOB NA PAG-INTINDI**

1. Paraan
   a. Ang paraan ay lubhang naiiba sa I Pedro. Ito ay tinatanggap nina Origen at Jerome.
      (1) Tinatanggap ni Origen na ang ilan ay tinatanggihan ang pagkamay-akda ni Pedro, ngunit siya ay sumipi mula sa II Pedro nang anim na beses sa kaniyang mga sulat.
      (2) Ipinagpalagay ni Jerome ito sa paggamit ni Pedro ng ibang tagasulat. Tinatanggap niya rin na ang ilang sa kaniyang panahon ay tinatanggi ang pagkamay-akda ni Pedro.
      (3) Ipinapahayag ni Eusebio ang bagay na ito sa *Eccl. His.* 3:3:1: "ngunit ang tinatawag na ikalawang Sulat ay hindi natin tinanggap bilang kanoniko, ngunit gayun pa man, iyon ay makikitang kagamitgamit sa marami, at pinag-aaralan kasama ng iba pang Banal na Kasulatan."
   b. Ang paraan ng II Pedro ay lubhang naiiba. Sa *The Epistle of James, Peter and Jude* sa Anchor Bible, pp. 146-147, sinabi ni B. Reicke na iyon ay "Asyanismo."

   "Iyon ay tinatawag na 'Asyano' na paraan dahil ang pangunahing kinatawan nito ay nagmula sa Asya Minor, at iyon ay makikilala sa isang puno, maligoy, mukhang-mahalagang paraan ng paghahayag na nakahilig patungo sa nobela at kakaiba, at walang-ingat sa paglabag sa mga klasikong uliran ng pagiging payak. . .Ang ating sulat ay walang dudang isinulat upang

sumang-ayon sa mga utos ng Asyanong paaralan na nagpapatuloy na mahalaga sa panahon ng unang Kristiyanong siglo."

c. Iyon ay maaari na si Pedro ay nagtangkang magsulat sa isang wika (i.e., Koine Griyego) na siya ay hindi lubusang gumaganap. Ang kaniyang katutubong wika ay Aramaiko.

2. Genre
   a. Ito ba ay isang karaniwang unang siglong sulat?
      (1) iyon ay may isang karaniwang panimula at pangwakas
      (2) iyon, gayunman, ay tila isang paulit-ulit na sulat sa maraming mga iglesiya, tulad ng taga-Galacia, taga-Efeso, Santiago, at I Juan
   b. Iyon ay maaaring isang natatanging Hudyong genre na tinatawag na "tipan," na makikilala sa pamamagitan ng
      (1) isang pamamaalam na pagtalakay
         a) Deuteronomio 31-33
         b) Joshue 24
         c) ang Tipa ng Labindalawang Patriyarko
         d) Juan 13-17
         e) Mga Gawa 20:17-28
      (2) isang hula ng nalalapit na kamatayan (cf. II Timoteo)
      (3) isang pagpapaalala ng kaniyang mga tagapakinig na magpatuloy sa kaniyang tradisyon
3. Ang kaugnaya sa pagitan ng II Pedro 2 at Hudas
   a. Mayroong maliwanag na ilang pampanitikang panghihiram.
   b. Ang pagkabanggit sa mga di-kanonikong pinanggalinga ay nagdulot ng maraming pagtanggi sa kapwa Hudas at II Pedro, ngunit kahit na ang I Pedro ay may pagkabanggit sa I Enoch at si Pablo din ay sinipi ang mga Griyegong makata.
4. Ang aklat mismo ay nag-aangkin na nagmula kay Pedro ang Apostol
   a. Siya ay pinangalanan sa 1:1. Siya ay tinatawag na Simon Pedro. Pedro ang pangalang binigay sa kaniya ni Hesus (cf. Mateo 16). Symeon (hindi Simon) ay bihira at di-karaniwan. Kung ang isang tao ay sinusubukang magsulat sa pangalan ni Pedro, ang pagpili ng Semitikong pagbaybay ay lubhang nakakagulat at hindi makakatulong sa kawalang pangalan ng may-akda.
   b. Inaangkin niya sa siya ay saksi sa pagbabagong-anyo (cf. Mateo 17:1-8; Marcos 9:2-8; Lucas 9:28-36) sa 1:16- 18.
   c. Inaangkin niya ang pagsulat ng unang sulat (cf. 3:1), na nagpapahiwatig ng I Pedro.
5. Orthodoxy
   a. Wala sa sulat na ito ang sumasalungat sa mga pang-Apostol na turo ng NT.
   b. Mayroong ilang natatanging bagay (i.e., mundo na wawasakin ng apoy at mga sulat ni Pablo na makikita bilang Banal na Kasulatan), ngunit walang nostiko o adopsyonistiko o maliwanag na hidwang pananampalataya.

**MGA PANLABAS NA PAG-INTINDI**

1. Tinala ni Eusebio ang mga Kristiyanong sulat ng una at ikalawang siglo sa tatlong kaurian
   a. tinanggap
   b. pinagtatalunan
   c. hindi tunay

   II Pedro, kasama ng Mga Hebreo, Santiago, II at III Juan ay nakatala sa pinagtatalunang uri.
2. Ang II Pedro ay hindi nakita sa Marcion canon (A.D. 154), ngunit tinanggi din ng Marcion ang maraming iba pang aklat sa NT.
3. Ang II Pedro ay hindi nakita sa Muratorian Fragment (A.D. 180-200), ngunit ang tala ay tila may pinsala at hindi rin naitala ang Mga Hebreo, Santiago, o I Pedro.
4. Iyon ay itinanggi ng mga Silangang (Siryano) iglesiya
   a. wala sa Peshitta (unang kalahati ng ika-limang siglo)
   b. isinama sa Philoxeniana (A.D. 507) mula sa Iraq at saling Harclean (A.D. 616) mula sa hilagang Aprika
   c. sina Chrysostomo at Theodore ng Mopsuestia (i.e., mga pinuno ng Antiochian na paaralan ng pagpapaliwanag) ay itinanggi ang lahat ng mga pangkalahatang sulat.
5. Ang II Pedro ay tila sinipi sa "ang Ebanghelyo ng Katotohanan" at "ang Apocryphon ni Juan" na matatagpuan sa Nag Hammadi, mga nostikong teksto (cf. *The Nag Hammati Gnostic Texts and the Bible* ni Andrew K. Helmbold, p. 91). Ang mga sulat na ito sa Koptiko ay mga salin ng mas maagang mga Griyegong teksto. Kung ang II Pedro ay binanggit, kung gayon iyon ay imposible para dito na maisulat sa ikalawang siglo.
6. Iyon ay isinama sa $P^{72}$, na tinakda ng $UBS^4$ (p. 8) sa ikatlo o ikaapat na siglo.
7. Iyon ay binanggit o sinipi ni Clemente ng Roma (A.D. 95)
   a. I Clemente (9:2 - II Pedro 1:17)

b. I Clemente (23:3 - II Pedro 3:4)
c. I Clemente (35:5 - II Pedro 2:2)

8. Iyon ay maaaring pagkabanggit kay Justin Martyr (A.D. 115-165), *Dialogue with Trypho* 82:1 - II Pedro 2:1. Ang mga ito ang tanging dalawang lugar sa sinaunang mga Kristiyanong sulat na ang Griyegong terminong *pseudoppophetai* ay ginamit.
9. Si Ireneo (A.D. 130-200) ay maaaring binanggit ang II Pedro (sinipi niya ang *His. Eccl*. 5:32:2 - II Pedro 3:8 at 3:1:1 - II Pedro 1:15, ni Eusebio).
10. Si Clemente ng Alexandria (A.D. 150-215) ay sumulat ng unang komentaryo (bagaman iyon ay ngayon nawala) sa II Pedro.
11. Iyon makikita sa Pampaskwang sulat ni Athanasio (A.D. 367), na isang kasalukuyang tala ng mga kanonikong aklat.
12. Iyon ay tinanggap bilang kanoniko ng mga konseho ng sinaunang iglesiya ng Laodicea (A.D. 372) at Carthage (A.D. 397).
13. Iyon ay nakakawili na iba pang inaakalang mga sulat ni Pedro (i.e., ang Mga Gawa ni Pedro, ang Mga Gawa nina Andres at Pedro, ang Mga Gawa nina Pedro at Pablo, Pagdurusa nina Pedro at Pablo, ang Mga Gawa ni Pedro at ang Labindalawa mga Apostol, ang Pahayag ni Pedro, at ang Pangangaral ni Pedro) ay tinangging lahat ng sinaunang mga iglesiya bilang hindi tunay (i.e., di-kinasihan).

C. Si Richard N. Longenecker, *Biblical Exegesis in the Apostolic Period* (p. 174) ay gumawa ng pagpuna na ang II Pedro ay maaaring sinulat mismo ni walang ginamit na isang tagasulat (i.e., Silas sa I Pedro 5:12 at Juan Marcos para sa ang Ebanghelyo. Para sa katibayan, ipinahayag niya na ang I Pedro ay tanging gumagamit ng Septuagint sa mga sipi sa OT, ngunit ang II Pedro (cf. 2:22) ay gumagamit ng MT ng Kawikaan 26:11, na ipinapakilala ang isang Hebraikong kaligiran.

## PETSA

A. Ito ay maibabatay sa pagkamay-akda.

B. Kung isang ay naniniwala sa pagkamay-akda ni Pedero, kung gayon sa panahon bago ang kaniyang kamatayan (cf. 1:14).

C. Ang tradisyon ng iglesiya ay nagpapahayag na ang Apostol Pedro ay namatay sa Roma habang si Nero ang Caesar. Pinatupad ni Nero ang pag-uusig sa mga Kristiyano noong A.D. 64. Pinatay niya ang kanyang sarili noong A.D. 68.

D. Kung isang tagasunod ni Pedro ang nagsulat sa kaniyang pangalan, kung gayon isang nahuling petsa na A.D. 130-150 ay maaari dahil ang II Pedro ay sinipi din sa *Pahayag ni Pedro* gayundin sa *Ang Ebanghelyo ng Katotohanan* at *Apocryphon ni Juan*.

E. Ang kilalang Amerikanong arkeologo na si W. F. Albright ay nagpapahayag na iyon ay isinulat bago ang A.D. 80 dahil sa pagkakatulad nito sa Dead Sea Scrolls.

## MGA TUMANGGAP

A. Kung I Pedro ang tinutukoy sa II Pedro 3:1, ngayon, ang mga tumanggap ay magkatulad (i.e., hilagang Turkey).

B. Ang II Pedro maaaring isang patotoo upnag magbigay-lakas sa lahat ng mga mananampalataya na magpagal sa ilalim ng pagsubok, pigilan ang mga bulaang guro, at mamuhay nang may katapatan sa ebanghelyong tradisyon habang naghihintay sa Ikalawang Pagparito.

## PAGKAKATAON

A. Habang ang I Pedro ay naghahaya ng pag-uusig at pagdurusa, ang II Pedro naghahayag ng mga bulaang guro.

B. Ang ganap na kalikasan ng bulaang turo ay di-tiyak, ngunit iyon kaugnay sa walang kautusang nostisismo (cf. 2:1-22; 3:15-18). Ang aklat na ito ay gumagamit ng teknikal na talasalitaan na gumagamit ng kapwa panimulang nostisismo at ang mga mahiwagan relihiyon. Ito ay maaaring isang may layuning pamamaraan ng pagsalakay sa kanilang teolohiya.

C. Ang aklat na ito, tulad ng II taga-Thesalonica, ay naghahayag ng paska ng isang naantala, ngunit may katiyakang, Ikalawang Pagparito, kung saan ang mga anak ng Diyos ay maluluwalhatin at ang mga di-

mananampalataya ay hahatulan (cf. 3:3-4). Iyon ay nakakawili na ang I Pedro ay may katangiang gumagamit ng termino *apocalupsis* upang tumukoy sa pagbalik ni Hesus, habang ang II Pedro ay gumagamit ng *parousia*. Ito ay nagpapakilala ng paggamit ng magkaibang tagasulat (i.e., Jerome).

## UNANG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. v)

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugang ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal na Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang buong aklat ng Bibliya sa isang pagkakataon. Ipahayag ang pangunahing tema ng buong aklat sa iyong sariling salita.

1. Tema ng kabuuan ng aklat

2. Uri ng panitikan (genre)

## IKALAWANG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang pp. v)

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugang ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal na Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang buong aklat ng Bibliya sa pangalawang beses sa isang pagkakataon. Balangkasin ang pangunahing mga paksa at ipahayag ang paksa sa isang pangungusap.

1. Paksa ng unang pampanitikang yunit

2. Paksa ng ikalawang pampanitikang yunit

3. Paksa ng ikatlong pampanitikang yunit

4. Paksa ng ikaapat na pampanitikang yunit

5. Atbp.

# II PEDRO 1

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Pagbati | Pagbati sa Matatapat | Pagbati | Panimula | Mga Pagbati |
| 1:1-2 | 1:1-4 | 1:1-2 | 1:1 | 1:1-2 |
| | | | 1:2 | |
| Ang Panawagan at Pagpili sa Kristiyano | | Pangangaral sa Kabanalan | Pagtawag at Pagpili ng Diyos | Ang Kabaitan ng Diyos |
| 1:3-11 | | 1:3-11 | 1:3-9 | 1:3-11 |
| | Mabungang Paglago ng Pananampalataya | | | |
| | 1:5-11 | | | |
| | Pagdako ni Pedro sa Kamatayan | | | Ang pang-Apostol na Saksi |
| 1:12-15 | 1:12-15 | 1:12-15 | 1:12-15 | 1:12-15 |
| Kaluwalhatian ni Kristo at ang Propetikong Salita | Ang Mapagkakatiwalaang Propetikong | | Mga Saksi sa Kaluwalhatian ni Kristo | |
| 1:16-21 | 1:16-21 | 1:16-18 | 1:16-18 | 1:16-18 |
| | | | | Ang Halaga ng Propesiya |
| | | 1:19-21 | 1:19-21 | 1:19-21 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito ay isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng pagpapaliwanag. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata
2. Pangalawang talata
3. Pangatlong talata
4. Atbp.

---

*Bagamat sila ay hindi kinasihan, ang pagkakakabahagi ng mga talata ay susi sa pag-unawa at pagsunod sa orihinal na layunin ng may akda. Bawat makabagong salin ay hinati at binuod na mga talata. Bawat talata ay may isang pangunahing paksa o kaisipan. Bawat salin ay binubuo ang isang paksa ayon sa kanyang natatanging kaparaanan. Habang binabsa mo ang talata, tanungin ang sarili kung aling salin ang nababagay at tumutugma sa iyong pagkakaunawa sa paksa at pagkakabahagi ng mga pangungusap.

Sa bawat kabanata dapat nating basahin ang Bibliya muna at subukang alamin ang mga paksa nito (talata), pagkatapos ay ipaghambing ang ating pagakakaunawa sa mga makabagong salin. Kung naunawaan na natin ang orihinal na layunin ng may akda sa pamamagitan ng pagsunod sa kanyang lohika at paglalahad, doon lamang nating masasabi na totoong naintindihan natin ang Bibliya. Tanging ang orhinal na may-akda lamang ang kinasihan-ang magbabasa ay walang karapatan na ibahin o baguhin ang mensahe. Ang mambabasa ng Bibliya ay may pananagutan na gamitin ang kinasihang katotohanan sa kanilang pang-araw-araw na buhay.

**Pansining ang lahat ng teknikal na mga salita at mga pagdadaglat ay ipinaliwanag ng husto sa Mga Dagdag na Dahong Isa, Dalawa at Tatlo.**

## MGA KAUNAWAANG KONTEKSTWAL SA MGA TALATANG 1-11

A. Ang mga talatang 1-11 ay isang pangungusap sa Griyego na pinagsasama ang kapwa mga aspeto ng kasunduan: isang soberanong walang-bayad na biyaya at ang inuutos na buhay na wangis ni Kristo.

B. Ang balangkas ay tila
   1. tradisyonal na panimula (vv. 1-2)
      a. mula kanino
      b. para kanino
      c. pagbati
   2. mga talatang 3-4— bahagi ng Diyos
   3. mga talatang 5-7— bahagi ng mananampalataya
   4. mga talatang 8-9— positibo at negatibo mga aspeto ng katapatan
   5. mga talatang 10-11— katiyakan sa pamamagitan ng pamumuhay sa kabanalan

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:1-11

**1Si Simon Pedro, na alipin at apostol ni Hesukristo, sa nagsipagkamit na kasama namin ng mahalagang
pananampalataya sa katuwiran ng ating Diyos at Tagapagligtas na si Hesukristo: 2Biyaya at kapayapaan ang sa
inyo ay dumami sa pagkakilala sa Diyos at kay Hesus na Panginoon natin; 3Yamang ipinagkaloob sa atin ng
kaniyang banal na kapangyarihan ang lahat ng mga bagay na nauukol sa kabuhayan at sa kabanalan, sa
pamamagitan ng tunay na pagkakilala sa kaniya na tumawag sa atin sa pamamagitan ng kaniyang sariling
kaluwalhatian at kagalingan; 4Na dahil dito ay ipinagkaloob niya sa atin ang kaniyang mahahalaga at
napakadakilang pangako; upang sa pamamagitan ng mga ito ay makabahagi kayo sa kabanalang mula sa Diyos,
yamang nakatanan sa kabulukang nasa sanglibutan dahil sa masamang pita. 5Oo, at dahil din dito, sa
pagkaragdag sa ganang inyo ng buong sikap, ay ipamahagi ninyo sa inyong pananampalataya ang kagalingan;
at sa kagalingan ay ang kaalaman; 6At sa kaalaman ay ang pagpipigil; at sa pagpipigil ay ang pagtitiis; at sa
pagtitiis ay ang kabanalan; 7At sa kabanalan ay ang mabuting kalooban sa kapatid; at sa mabuting kalooban sa
kapatid ay ang pagibig. 8Sapagkat kung nasa inyo ang mga bagay na ito at sumasagana, ay hindi kayo
pababayaang maging mga tamad o mga walang bunga sa pagkakilala sa ating Panginoong Hesukristo.
9Sapagkat yaong wala ng mga bagay na ito ay bulag, na ang nakikita lamang ay ang nasa malapit, sa pagkalimot
ng paglilinis ng kaniyang dating mga kasalanan. 10Kaya, mga kapatid, lalong pagsikapan ninyo na
mangapanatag kayo sa pagkatawag at pagkahirang sa inyo: sapagkat kung gawin ninyo ang mga bagay na ito ay
hindi kayo mangatitisod kailan man: 11Sapagkat sa gayon ay ipinamamamahaging sagana sa inyo ang pagpasok sa
kahariang walang hanggan ng Panginoon natin at Tagapagligtas na si Hesukristo.**

**1:1 "Simon"** Ito sa literal ay "Symeon" (tingnan si Bruce Metzger, *A Textual Commentary On the Greek New Testament*, p. 699). Ito ay Hebreong pangalan ni Pedro, at ang pangalan ng isang sa Labindalawang angkan. Ang katulad nitong anyo ay tanging makikita sa Mga Gawa 15:14. Kung ang sulat na ito ay isang sagisag-panulat, ang may-akda tiyak na gagamit nang mas karaniwang pagbabaybay na "Simon."

▣ **"Pedro"** Ito sa literal ay *Petros*, na Griyegong para sa isang malaking bato o tipak ng bato. Iyon ay palayaw na binigay kay Simon ni Hesus sa Mateo 16:18 at gayundin sa Juan 1:42. Sa talatang ito, sa Juan ang Aramaikong termino na *Cephas* ay binanggit. Sa pang-araw-araw na pakikipag-usap, si Hesus ay nagwiwika sa Aramaiko, hindi Hebreo o Griyego. Si Pablo ay kadalasang ay gumagamit ng *Cephas* (cf. I taga-Corinto 1:12; 3:22; 9:5; 15:5; taga-Galacia 1:18; 2:9,11,14).

Mayroong maraming pagtalakay sa pagitan ng mga Katoliko at Protestanteng iskolar ng Bibliya tungkol sa kahalagahan ng pagbabago ng pangalan (na may OT kahalagahan kina Abram, Jacob, atbp.). Sa Mateo 16:18, si Pedro ang bato ang batong sinasabi na saligan ng iglesiya. Ang mga protestante ay palaging ginagawa iyon na isang teolohikong punto na itala na ang "Pedro" ay PANGLALAKI (i.e., *Petros*), ngunit ang "bato" ay PAMBABAE (i.e., *Petra*), sa gayong paraa, ang paghahayag ng pananampalataya ni Pedro, hindi mismo si Pedero, ay malaking bato ng iglesiya. Gayunman, ang pagkakaibang ito sa Griyegong gramatika ay hindi makikita sa Aramaiko, kung saan ang *Cephas* ay ginagamit sa kapwa lugar.

Bilang isang teologo, hindi ko nais itanggi ang ang maliwanag na pamumuno ni Pedro, ngunit naunawaan ko rin na ang iba pang mga Apostol ay hindi kinikilala ang kaniyang pagiging-una (cf. Marcos 9:34; Lucas 9:46; 22:24-27; Mateo 20:20-24). Kahit na hindi nakikipag-usap si Hesus Griyego, ang kinasihang teksto ay tinala sa Griyego, samakatuwid, ang gramatikong pagkakaiba ay ipinagpapalagay na kinasihan.

▣ **"alipin"** Ito ay ang Griyegong terminong *doulos*, na tumutukoy sa isang lingkod o alipin. Ito ay alinman sa paggalang na kaligiran sa OT ng "lingkod ng Panginoon" (i.e., Moises, Joshue, David, at Isaias) o ang pagtuon sa NT na kababaang-loob

kaugnay kay Hesus bilang Panginoon (cf. Mateo 10:24-25).

▣ **"apostol"** Ito ay maliwanag na isang pampanitikang paraan para sa may-akda ng II Pedro upang ipahayag ang kaniyang pakakilanlan bilang isang saksi, tagasunod, at piniling alagad ni Hesus.

Ang terminong "apostol" ay nagmula sa Griyegong PANDIWA "Aking isinugo" (*apostellō*). Pumili si Hesus ng labindalawa Niya mga alagad na makakasama Niya sa isang natatanging kaunawaan at tinatawag sila na "mga Apostol" (cf. Lucas 6:13). Ang terminong ito ay kadalasang ginamit kay Hesus bilang isinugo mula sa Ama (cf. Mateo 10:40; 15:24; Marcos 9:37; Lucas 9:48; Juan 4:34; 5:24, 30, 36, 37,38,40,57; 7:29; 8:42; 10:36; 11:42; 17:3,8,18,21, 23,25; 20:21). Sa mga pang-Hudyong sanggunian, iyon ay ginamit ng isang tao isinugo bilang isang opisyal na kinatawan ng iba, katulad sa "embahador" (cf. II taga-Corinto 5:20). Ipinapahayag ni Pedro ang awtoridad na pinagkaloob ni Kristo!

Iyon ay dumating sa isang pinalawak na paggamit na labas sa "Labindalawa" (cf. Mga Gawa 14:4, 14, Bernabe; taga-Roma 16:7, Andronico at Junias; I taga-Corinto 4:6, 9; 12:28-29; 15:7, Apollos; taga-Filipos 2:25, Epaphrodito; I taga-Thesalonica 2:6, Silvano at Timoteo). Ang kanilang partikular na gawain ay di-tiyak, ngunit iyon ay kinapapalooban ng pangangaral ng ebanghelyo at pamumunong paglilingkod sa iglesiya. Iyon ay maaaring ang taga-Roma 16:7 (KJV "Junia") ay tumutukoy sa isang babaeng apostol!

▣ **"Hesukristo"** Tingnan ang mga tala sa I Pedro 1:1.

▣

**NASB, NRSV,**
**NJB** **"nagsipagkamit na kasama namin ng mahalagang pananampalataya"**
**NKJV** **"sa kanilang nakasumpong ng mahalagang pananampalataya"**
**TEV** **"sa kanila. . .na pinagkaloob ng isang pananampalataya"**

Ito ay isang AORIST GANAP NA PANDIWARI mula sa termino (*lagchanō*), na ay tumutukoy sa paghagis ng kapalaran

1. bilang sa sugal (cf. Juan 19:24)
2. bilang isang kaunawaan ng isang tungkulin o pananagutan (cf. Lucas 1:9)
3. bilang isang paraan ng pagpapakita ng maka-Diyos na pagpili (cf. Mga Gawa 1:17)

Iyon ay nangangahulugan lamang na "matamo" o "matanggap," ngunit iyon ay may idinagdag na kahulugan sa LXX na paggamit ng "sa pamamagitan ng kalooban ng Diyos." Ang katulad na paksa ay nasa vv. 3 at 4 "pinagkaloob" (dalawang beses) at "tinatawag" ; tingnan din ang v. 10 "Kaniyang pagtawag at pagpili sa iyo."

Ang kalabuang ito ay tiyak na katulad ng kabalintunaan ng kaligtasan. Ang kaligtasan ba ay sa pagpili ng Diyos o ang pagpili ng isang tatanggap nito? Ang sagot ay tiyak na oo! Ang Bibliya ay napakaliwanag na ito ay mundo ng Diyos. Siya ay kasangkot sa lahat ng mga aspeto. Siya ay pumili upang pakitunguhan ang may kamalayang nilalang sa pamamagitan ng kasunduan. Siya ay nagpapauna sa pakikitungo. Siya ang nagtatakda ng adyenda, ngunit Siya ang humihingi sa atin na tumugon (i.e., pasimula at nagpapatuloy).

Ang mga mambabasang ito ay tumanggap ng isang pananampalataya na kalooban ng Diyos para sa kanila (at para sa lahat).

Ang terminong "pananampalataya" ay mula sa ang Griyegong terminong *pistis*, na isinalin sa Ingles bilang "pananampalataya," "pagtitiwala," o "paniniwala." Sa orihinal, sa Hebreo, ang konseptong ito ay tumutukoy sa isang palagiang tindig, ngunit iyon ay nangangahulugan ng isang tao na matapat, tapat, mapagkakatiwalaan, o maaasahan. Sa Bibliya, iyon ay hindi ang pananampalataya ng mananampalataya, ngunit ang katapatan ng Diyos; hindi ang pagtitiwala ng mananampalataya, ngunit ang pagkamapagkakatiwalaan ng Diyos. Tingnan ang Natatanging Paksa sa Marcos 1:15.

▣

**NASB** **"na kasama namin"**
**NKJV** **"tulad na mahalaga"**
**NRSV, TEV,**
**NJB** **"kasinghalaga ng"**

Ito ay ang Griyegong tambalang termino na *isotimos*, isang tambalan ng *isos* (i.e., katumbas, tulad ng, o kaagapay sa) at *timē* (i.e., halaga, kahalagahan, o kabuluhan na may kahuluganng mamahalin o mataas na halaga). Ang pananampalataya na pinagkaloob ng Diyos ay di-matatayang halaga (cf. I Pedro 1:7) at lahat ng mga mananampalataya ay ibabahagi ang katulad na uri ng pananampalataya. Walang isang pananampalataya para sa mga Apostol at isa pang para sa mga Hudyo at mga Hentil o para sa iba pang mga mananampalataya (cf. I taga-Corinto 12:13; taga-Galacia 3:28; taga-Colosas 3:11). Mayroong iba't-ibang mga kaloob, ngunit tanging isang pananampalataya (cf. taga-Efeso 4:5).

▣ **"katuwiran"** Ito ay tumutukoy hindi sa ating ibinilang na katuwiran (cf. taga-Roma 4), ngunit kay Kristo (cf. Mga Gawa 3:14; 7:52; 22:14; I Juan 2:1,29; 3:7). Tingnan ang Natatanging Paksa: Katuwiran sa I Pedro 3:14. Ito ay ang pinakamaliwanag na lugar sa NT kung saan ang *Theos* ay tumukoy kay Hesus.

Ang Griyegong ugat na ito (na nagpapakilala sa Hebreong ugat na צרק, BDB 841) ay ginamit nang maraming beses sa II Pedro.

1. matuwid, tuwid (*dikaios*) – 2:8, matuwid na tao

2. matuwid, katarungan (*dikniosunē*) 1:1 –katuwiran ni Hesus
   2:5 – katuwiran ni Noe (cf. Genesis 7:1)
   2:21 – ang paraan ng katuwiran
   3:13 – ang bagong mga langit at ang bagong mundo kung saan nananahan ang katuwiran
3. tama (*dikaion*)
   1:13 – tama, wasto
   2:7 – ang matuwid na si Lot
   2:8 – ang matuwid na tao

Si Hesus ay matuwid; mga mananampalataya ay matuwid sa Kaniya; samakatuwid, sila ay dapat mamuhay sa katuwiran, na nagpapakilala ng bagong panahon!

▣ **"ating Diyos at Tagapagligtas na si Hesukristo"** Ang pariralang ito ay tumutukoy kay Hesus lamang.

1. ang TAHAS NA PANTUKOY na tanging bago sa unang PANGNGALAN (Granville Sharp's rule)
2. ang gramatikong anyo ng lahat ng apat na mga susing termino, "Diyos," "Tagapagligtas," "Hesus," at "Kristo" (GENITIVE PANGLALAKING MGA PANG-ISAHAN)
3. ang inuulit na gramatikong anyo (maliban sa "Panginoon" sa halip na "Diyos") sa 1:11; 2:20; at 3:18
4. si A. T. Robertson, *Word Pictures sa ang New Testament*, tomo 6, p. 148, ay nagpaalala sa atin na sa II Pedro, ang *gnōsis* at *epignōsis* ay palaging ginagamit kay Hesus
5. mayroon pang ibang mga lugar sa NT na pinagtibay ang pagka-Diyos ni Hesus (cf. Juan 1:1; 8:57-58; 20:28; taga-Roma 9:5; taga-Filipos 2:6-11; II taga-Thesalonica 1:12; Tito 2:13; Mga Hebreo 1:8; at I Juan 5:20), na nakakagulat sa liwanag ng monoteismo ng OT.

Sa OT, ang "Tagapagligtas" ay kadalasang ginagamit kay YHWH, ngunit paminsan-minsan sa Mesias. Sa NT, iyon kadalasang ay tumutukoy sa Diyos Ama. Sa Tito, ang parirala ay ginamit nang tatlong beses sa Ama (cf. 1:3; 2:10; 3:4), ngunit sa katulad ding mga konteksto kay Hesus (cf. 1:4; 2:13; 3:6). Sa II Pedro, iyon ay ginamit nang natatangi at kadalasang kay Hesus (cf. 1:1,11; 2:20; 3:2,18).

**1:2 "Biyaya at kapayapaan ang sa inyo ay dumami"** Ito ay katulad sa I Pedro 1:2. Kadalasang ginamit ni Pablo ang "biyaya at kapayapaan," ngunit sinusundan iyon ng "mula sa Diyos na ating ama" at kadalasang idinadagdag ang "at ang Panginoong Hesukristo."

Ang biyaya ay nagpapakilala sa katotohanan na ang kaligtasan at pakikisama ng makasalanang sangkatauhan ay nagmula sa ang katangian at pagtustos ng Diyos. Ang bagong (i.e., naipanumbalik) pakikipag-ugnayang ito kasama ang Diyos ay nagbubunga ng kapayapaan. Ang mga tao ay nilikha para sa pakikisama sa Diyos, kung saan tayo ay linikha sa Kanyang larawan, at kasama ang bawa't-isa. Ang biyaya ay palaging nauuna sa kapayapaan! Ang PANDIWA ay isang AORIST BALINTIYAK NA OPTATIBO. Ito ay isang panalangin. Ninanais ni Pedro na magkaloob ang Diyos ng kapwa biyaya at kapayapaan.

▣ **"sa pagkakilala sa Diyos"** Ang biyaya at kapayapaan ay pinagkaloob ng Diyos (i.e., BALINTIYAK NA TINIG) sa pamamagitan ng isang pangkaranasang kaalaman (*epignōsis*) ng kapwa Kaniyang sarili at Kaniyang Anak.

Ang kaalaman ay isang inuulit na paksa sa II Pedro, maaaring dahil sa mga bulaang guro (i.e., mga Nostiko), tulad ng taga-Colosas at I Juan.

| | | |
|---|---|---|
| 1. | *epignosis* (lubos na kaalaman); | *epignōskō* (makaalam nang lubusan) |
| | 1:2 | 2:21 (dalawang beses) |
| | 1:3 | |
| | 1:8 | |
| | 2:20 | |
| 2. | *gnosis* (kaalaman) | *ginōskō* (makaalam) |
| | 1:5 | 1:20 |
| | 1:6 | 3:3 |
| | | *gnōrizō* (makilala) |
| | | 1:16 |

Ang mga bulaang guro ng kabanata dalawa ay tila may mga katangian na kinalaunan ay tatawagin walang-kautusang (antinomian) nostisismo. Ang lumagong sistema ng pilosopiko/teolohikong hidwang pananampalataya ay lumago nang ikalawang siglo, ngunit ang ugat nito ay noong unang siglo. Iyon ay makikilala sa pamamagitan ng isang pagiging natatangi batay sa lihim na kaalaman. Ang kaligtasan ay kaugnay sa kaalamang ito, hindi sa etika. Tingnan ang Natatanging Paksa sa I Pedro 3:22.

▣ **"sa Diyos at kay Jesus na Panginoon natin"** Ginawa ko ang sumusunod na gramatikong mga punto sa 1:1 kaugnay sa isang katulad na parirala na tumutukoy nang tangi kay Hesus.

1. isang PANTUKOY
2. lahat ng GENITIVE na mga anyo

Ang katulad na mga gramatikong katangian ay matatagpuan din sa pariralang ito na kailangang idagdag ang ilang antas ng

pagduruda tungkol sa kung ang v. 1 ay tumutukoy kay Hesus lamang o sa ang Ama at ang Anak. Gayunman, ang pagkakaiba ay kinapapalooban ng isang komplikadong Griyegong manuskrito kaibahan. Ang gramatika ng 1:1 ay walang pagkakaiba sa mga Griyegong manuskrito. Para sa isang buong tala ng mga pagkakaiba, tingnan ang tala sa ibaba ng United Bible Society, ikaapat na edisyon, Greek New Testament, p. 799 at Bart Ehrman, *The Orthodox Corruption of Scripture*, p. 85).

**1:3-7** Ito ay isang mahabang Griyegong pangungusap.

**1:3 "yamang"** Ang NASB (BINAGO) ay maliwanag na pangwikain dito. Ang PANDIWARI na "yamang" ay wala sa Griyegong teksto.

▣ **"Kaniyang"** Ang PANGHALIP na ito ay tumutukoy alinman sa Diyos Ama o Diyos Anak. Ang lahat ng ang MGA PANGHALIP sa panimulang ito ng mga talatang ay magkakatulad na may kalabuan. Ito ay isang katangian ng Pedro. Iyon ay maaari na ito ay isang may layuning kalabuan (i.e., double entendre, gaya sa mga sulat ni Juan). Kinilala si Hesus bilang "Diyos" sa v. 1; kapwa ang Ama at ang Anak ay nauugnay sa gramatika sa v. 2; at ang PANG-URI na "banal" sa v. 3 ay tumutukoy sa kapwa.

▣ **"ipinagkaloob sa atin"** Ito ay isang GANAP NA PANGGITNANG (deponent) PANDIWARI. Ang anyong ito ng Griyegong salita (*dōreomai* mula sa *didōmi*) ay tanging ginamit sa Marcos (cf. 15:45) at Pedro (cf. I Pedro 1:3,4), na maaaring ipakita ang pampanitikang ugnayan ng Ebanghelyo ni Marcos at I Pedro.

▣ **"ang lahat ng mga bagay na nauukol sa kabuhayan"** Ang talatang tatlo ay isa talagang pagpapabulaan ng teolohikong paghihiwalay ng kaligtasan ng mga Nostikong bulaang guro sa pamamagitan ng lihim na kaalaman at pang-araw-araw na maka-Diyos na pamumuhay. Ang Diyos ay nagkakaloob para sa walang-hangang buhay (i.e., *zoe*) at pang-araw-araw na pagiging wangis kay Kristo (i.e., *eusebeia*). Ang tunay na kaalaman ay pananampalataya kay Hesukristo na nakakaapekto sa pang-araw-araw na pamumuhay. Ang mga mananampalataya ay taglay ang lahat nilang pangangailangang espiritwal kay Kristo! Hindi natin kailangang maghanap ng isang mas malalin nag katotohanang karanasan!

▣ **"kabanalan"** Ang tambalang salitang ito (i.e., *eusebia*) ay nagmula sa "mabuti" at "pagsamba." Iyon ay may kahulugan ng pang-araw-araw na pamumuhay na katanggap-tanggap sa Diyos. Inulit ni Pedro ang pagbibigay-diin sa pangangailangan para sa kabanalan dahil sa pagpapabaya ng mga bulaang guro ng pansariling etika at moralidad (cf. 1:3,6,7; 2:9; 3:11). Tingnan ang mas buong tala sa 1:6.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"tunay na pagkakilala"** |
| **NKJV, NRSV, NJB** | **"pagkakilala"** |
| **TEV** | **"ating kaalaman"** |

Ito ay isa pang sampal sa pagbibigay-diin ng mga bulaang guro sa lihim na kaalaman (cf. 2:20-21). Ang ebanghelyo, bilang ipinangaral ng mga Apostol, ay ang tunay na kaalaman at si Hesus ang katotohanan (cf. Juan 14:6). Ito ang pinasidhing anyo, *epignōsis*, na may ang kahulugan ng pangkaranasang kaalaman (cf. vv. 2,3,8; 2:20). Ang ebanghelyo ay isang persona at Siya ay kailangang maranasan, hindi lamang tinatakda sa teolohiya.

▣ **"sa kaniya na tumawag sa atin"** Ang PANDIWA na ito ay ginamit nang maraming beses sa Pedro (I Pedro 1:15; 2:9,21; 3:9; 5:10; II Pedro 1:3). Iyon ay palaging ay tumutukoy sa isang panawagan mula sa Diyos. Walang tao ang lalapit sa Diyos maliban na ilapit sila ng Espiritu (cf. Juan 6:44.65; taga-Efeso 1:4-5).

▣ **"sa pamamagitan ng kaniyang sariling kaluwalhatian at kagalingan"** Mayroong isang Griyegong manuskritong kaibahan sa puntong ito.

1. Manuskritong $P^{72}$, B, K, L, at karamihan ng mga minuskula ay may *dia* (sa pamamagitan ng) kaluwalhatian at kabutihan (cf. NKJV).
2. Manuskritong א, A, C, P, at mga pinakasinaunang salin ay may *idia* (Kaniyang sariling) kaluwalhatian at kabutihan (cf. NASB, NRSV, TEV, NJB).

Ang exegetical na tanong ay, "Ang mga mananampalataya ba tinatawag (1) sa pamamagitan ng katangian ng Diyos (i.e., Ama o Anak) o (2) ibinahagi ang mga katangiang ito?" Ang $UBS^4$ translation committee ay nagkakaloob ng isang "B" (halos may katiyakan) na antas sa opsyon bilang 1.

**1:4 "dahil dito ay ipinagkaloob niya sa atin"** Ito ay isang GANAP NA PANGGITNANG (deponent) MAY PAHIWATIG na umaakma sa PANDIWARI sa v. 3. Ang banal na kapangyarihan ng Diyos ay ipinagkakaloob at nagpapatuloy na ipagkaloob sa mga mananampalataya ang lahat ng kanilang pangangailanga kapwa pasimula (pagpapawalang-sala) at nagpapatuloy

(pagpapaging-banal) sa pamamagitan ng Kaniyang mga pangako.

▣

**NASB** **"ang kaniyang mahahalaga at napakadakilang pangako"**
**NKJV** **"napakadakila at mahalagang mga pangako"**
**NRSV** **"mahalaga at napakadakilang pangako"**
**TEV** **"lubhang dakila at mga mahalagang kaloob na kaniyang ipinangako"**
**NJB** **"ang dakila at mahahalagang mga pangako"**

Ang mga naglalarawang termino ay kailangang tumutukoy sa ebanghelyo, kung saan ang mga mananampalataya ay naging kabahagi ng maka-Diyos na kalikasan (i.e., ang pananahan ng Banal na Espiritu). Ang pag-asa ng nalugmok na sangkatauhan ay ang matapat at mapagbiyayang katangian ng Diyos, na inihayag sa pamamagitan ng Kaniyang mga pangako (i.e., kapwa OT, ngunit lalo na kay Kristo, cf. Mga Hebreo 6:17-18). Ang ayos ng dalawang terminong ito ay nagbabago sa mga Griyegong manuskrito.

Ang terminong "mahalaga" ay ginamit sa I Pedro 1:19 para sa ang pang-aalay na dugo ni Kristo. Ang termino ay bumubuo ng salitang ugat sa pangalang "Timoteo."

▣ **"makabahagi kayo sa kabanalang"** Ito ay tumutukoy sa (1) pananahan ng Banal na Espiritu (cf. v. 3), na dumating sa kaligtasan o (2) isa pang paraan sa pagtukoy ng bagong kapanganakan (cf. I Pedro 1:3,23). Ito ay lubhang naiiba sa Griyegong pilosopikong konsepto (bagaman ang termino ay mula sa Stoics) ng maka-Diyos na ningas sa lahat ng mga tao mula sa paglalang. Hindi ito nangangahulugang tayo ay diyos o magiging diyos, ngunit tayo ay naglalayong maging tulad ni Hesus (cf. I taga-Roma 8:29; taga-Efeso 1:4; Juan 3:2). Ang mga mananampalataya ay gagawing huwari ang mga pampamilyang katangian ng Diyos (i.e., ang larawan ng Diyos). Ang terminong "banal" na ginamit sa kapwa v. 3 at 4 ay *theios*, na nangangahulugang "maka-Diyos na" o "tulad ng diyos."

▣ **"yamang nakatanan"** Ang salitang ito ay tanging makiita sa II Pedro sa NT (cf. 1:4; 2:18,20). Ito ay isang AORIST GANAP NA PANDIWARI, na nagpapahiwatig ng isang natapos na pagkilos (i.e., kaligtasan, ang panahon ng pagtanggap ng ebanghelyo, cf. v. 1).

▣ **"kabulukang nasa sanglibutan dahil sa masamang pita"** Ang isyu sa II Pedro ay mga bulaang guro na nagtataguyod ng isang natatanging lihim na kaalaman (i.e., Nostisimmo), ngunit bumababa ang pang-araw-araw na maka-Diyos na pamumuhay (cf. I Pedro 1:14; 2:11; 4:3; II Pedro 2:10,18). Ang kabanata isa ay tumutugon sa kamaliang ito sa vv. 3-11!

Ang pamumuhay ng mga mananampalataya ay katibayan ng (hindi ang batayan ng) kanilang tunay na pagbabagong-buhay (cf. Santiago at I Juan). Walang bunga, walang ugat (cf. Marcos 4:1-20).

**1:5 "Oo, at dahil din dito"** Ito ay tumutukoy sa pagtugon ng mga mananampalataya sa mga kaloob at mga pangako ng Diyos sa vv. 3-4 (cf. taga-Filipos 2:12-13). Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Bisyo at mga Kagaligan sa I Pedro 4:3.

▣

**NASB** **"pagkaragdag sa ganang inyo ng buong sikap. . .ipamahagi"**
**NKJV** **"ipagkaloob ang lahat ng kasipagan, idagdag"**
**NRSV** **"kinakailangan mong magpunyagi upang itaguyod"**
**TEV** **"gawin mo ang pinakamabuti upang idagdag"**
**NJB** **"gawin ang iyong sukdulan upang magtaguyod"**

Sa literal, ito ay "nagdadala ng buong sikap, ipamahagi. . ." Ito ay isang AORIST GANAP NA PANDIWARI na ginamit bilang isang PAUTOS at isang AORIST GANAP NA PAUTOS. Ang Diyos ay kamangha-manghang ipinagkaloob ang kaligtasan (cf. vv. 3-4); ngayon, ang mga mananampalataya ay kailangang lumakad dito (cf. vv. 5-7). Ang ebanghelyo ay lubusang walang-bayad mula sa (1) ang kalooban ng Diyos; (2) ang natapos na gawain ni Kristo; at (3) ang pag-uudyok ng Espiritu, ngunit minsang tanggapin, ay nagiging isang pang-araw-araw na pagiging-alagad na ang halaga ay lahat ng bagay. Ito ay ang kabalintunaan ng ebanghelyo. Iyon ay isang kaloob (cf. Juan 4:10; taga-Roma 3:24; 6:23; taga-Efeso 2:8; Mga Hebreo 6:4), ngunit gayundin ang isang kasunduan may mga tanging karapatan at mga pananagutan. Ang tunay na ebanghelyo ay nakakaapekto sa isipan, puso, at pagkilos!

▣ **"pananampalataya"** Ang terminong ito ay mayroong maraming naiibang kahulugan.

1. ang kaligiran sa OT ay nangangahulugang "katapatan" o "mapagkakatiwalaan"
2. ang pagtanggap o pagtamo ng walang-bayad na handog ng kapatawarang ng Diyos kay Kristo
3. matapat, maka-Diyos na pamumuhay
4. ang sama-samang kaunawaan ng Kristiyanong pananampalataya o katotohanan tungkol kay Hesus (cf. Mga Gawa 6:7 at Hudas 3,20)

Sa kontekstong ito (i.e., v. 1) iyon ay tumutukoy sa pagtanggap kay Kristo bilang Tagapagligtas. Ngayon, ang mga mananampalataya ay kailangang lumago at umunlad.

Ang inaasahang paglagong Kristiyano ay inihayag din sa taga-Roma 5:3-4; Santiago 1:3-4.

**NATATANGING PAKSA: KRISTIYANONG PAGLAGO (CHRISTIAN GROWTH)**

| **taga-Roma 5:3-4** | **taga-Galacia 5:22-23** | **Santiago 1:3-4** | **II Pedro 1:5-7** |
|---|---|---|---|
| Ang pighati ay Nagdudulot ng | Bunga ng Espiritu | Ang pagsubok ay nagbubunga ng | Paggamit ng kasigasigan |
| * pagtitiyaga | * pag-ibig | * tatag | * mataas na moralidad |
| * napatunayang katangian | * kaligayahan | * paglago | * kaalaman |
| * pag-asa (cf. v. 2) | * kapayapaan | 1. pagkamatapat | * pagtitimpi |
| | * pagtitiis | 2. Pagiging lubos | * pagtitiyaga |
| | * kabaitan | | * kabanalan |
| | * kabutihan | | * kabaitan sa kapwa (*philadelphia*) |
| | * katapatan | | * Kristiyanong pag-ibig (*agapē*) |
| | * kaamuhan | | |
| | * pagtitimpi | | |

▣ **"kagalingan"** Ang katangiang ito ay ginamit ni Kristo (o Diyos Ama) sa v. 3. Ito ay isa sa mga bunga ng Espiritu (cf. taga-Galacia 5:22-23). Iyon ay kasalungat ng "kalabisan" (cf. 2:3,14). Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Bisyo at Mga Kagalingan sa NT sa I Pedro 4:2.

▣ **"kaalaman"** Isang kaalaman (*gnōsis*) ng ebanghelyo na nagdudulot sa pagiging wangis kay Kristo ay isang kahanga-hangang bagay. Ang mga bulaang guro ay nagtataguyod sa isang bulaang kaalaman na nagdudulot ng kahalayan.

▣ **"pagpipigil"** Ang kagalingang ito ay naglalarawan ng isang tao na may kakayahang pigilin ang makasariling paghila ng nalugmok na makasalanang kalikasan (cf. Mga Gawa 24:25; taga-Galacia 5:23; Tito 1:8). Sa ilang konteksto (i.e., I taga-Corinto 7:9) iyon ay nagpapahiwatig sa di-nararapat na sekswal na gawain at dahil sa mga kagawiang walang kautusan ng mga bulaang guro, iyon ay maaaring isinama sa kahulugang ito.

▣ **"pagtitiis"** Ang terminong ito ay tumutukoy sa isang aktibo, kusa, matapat na katatagan. Iyon ay isang katangian ng pagtitiyaga na tulad sa Diyos sa mga tao at mga pangyayari (cf. taga-Roma 5:3-4; Santiago 1:3).

▣ **"kabanalan"** Ito ay isang napakahahalagang termino sa Mga Sulat Pastoral, gayundin sa II Pedro (tingnan ang tala sa 1:3), na nais kong isipi ang aking komentaryo, tomo 9, I Timoteo 4:7:

> "Ito ay isang mahalagang termino sa Mga Sulat Pastoral. Iyon ay tumutukoy sa kahihinatnan ng doktrinal at pang-araw-araw na pamumuhay ng ebanghelyo (cf. 3:16). Iyon ay naglalarawan hindi ng bukod-tangi, ngunit ang inaasahan. Iyon ay isang tambalang termino mula sa 'mabuti' (*eu*) at 'pagsamba (*sebomai*). Ang tunay na pagsamba ay pang-araw-araw na pamumuhay sa pamamagitan ng wastong pag-iisip (cf. 4:16a). Pansinin ang bilang ng beses ang salitang ito ay ginamit sa Mga Sulat Pastoral:
> 1. PANGNGALAN (*eusebeia*), I Timoteo 2:2; 3:16; 4:7,8; 6:3,5,6,11; II Timoteo 3:5; Tito 1:1
> 2. PANG-ABAY (*eusebēs*), II Timoteo 3:12; Tito 2:12
> 3. PANDIWA (*eusebeō*), I Timoteo 5:4
> 4. Ang kaugnay na termino *theosebeia*, I Timoteo 2:10
> 5. Ang salungat na termino (ALPHA PRIVATIVE, i.e., *asebeia*), II Timoteo 2:16; Tito 2:12" (p. 53).

**1:7**
**NASB, NKJV "mabuting kalooban sa kapatid ay ang pagibig"**
**NRSV "pagsinta sa bawat-isa na may pag-ibig"**
**TEV "Kristiyanong pagsinta at pag-ibig"**
**NJB "kabaitan sa kapuwa na may pag-ibig"**

Ito ay ang tambalang Griyegong termino na *phileō* (i.e., pag-ibig) at *adephos* (i.e., kapatid). Ito din ay makikita sa I Pedro 1:22. Sa kontekstong ito, iyon ay tumutukoy sa pangkasunduang mga kapatid na lalaki at babae.

Iyon ay kadalasang sinasabi na ang *phileō* ay tumutukoy sa isang mas mababang pag-ibig kaysa sa *agapeō* (cf. v. 7), ngunit sa Koine Griyego, ang mga terminong ito ay magkasingkahulugan (cf. Juan 5:20, na gumagamit ng *phileō* para sa pag-ibig ng Ama para kay Hesus). Gayunman, dito at sa Juan 21 mayroong isang nilalayong pagkakaiba.

**1:8 "sapagkat kung"** Ito ay hindi karaniwang anyo ng isang PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI sa Griyego (cf. NJB, gayunman, sa *Word Pictures in the New Testament* ni A. T. Robertson, ipinapakita ang pariralang ito bilang dalawang PANGKASALUKUYANG GANAP NA MASUSING [may pasubali] MGA PANDIWARI, cf. tomo 6, p. 151), ngunit ang inihayag na

katibayan na kinakailangan para sa katiyakan ay batay sa isang nabago at nagbabagong buhay ng pagsisisi ng kasalanan, pananampalataya, pagsunod, paglilingkod, at pagtitiis. Ang walang-hanggang buhay (i.e., ang maka-Diyos na kalikasan) ay may makikitang mga katangian.

1. mga mananampalataya ay nagpapamalas ng mga Kristiyanong katangian, vv. 5-7
2. mga mananampalataya ay taglay ang mga katangiang ito at sila ay lumalago (kapwa PANGKASALUKUYANG GANAP NA MGA PANDIWARI), v. 8
3. mga mananampalataya ay kagamit-gamit at mabunga sa Diyos, v.8
4. mga mananampalataya ay pinapamuhay ang tunay na kaalaman sa Diyos (i.e., pagiging wangis kay Kristo, cf. v. 8)

▣ **"mga tamad o mga walang bunga"** Ito ay kadalasang isang trahedya rin sa espiritwal na kalagayan ng lahat ng mga mananampalataya.

1. walang gamit o walang bunga – Santiago 2:20
2. hindi mabunga – Mateo 7:16-19; 13:22; Marcos 4:19; taga-Colosas 1:10; Tito 3:14
3. Si Pablo ay gumagamit ng salitang sa babalang "huwag makisama sa walang bungang mga gawa ng kadiliman"

Mag-ingat sa – walang bunga, masamang bunga! Ang walang-hanggang buhay ay may makikitang mga katangian. Walang bunga – walang ugat!

**1:9** Habang ang v. 8 ay naglalarawan ang tunay na Kristiyano, ang v. 9 ay naglalarawan sa mga mananampalataya na naimpluwensiyahan ng mga bulaang paghahambing ng mga bulaang guro sa pagitan ng kaalaman–buhay, teolohiya–etika, *orthodoxy–orthopraxy*!

▣ **"ang nakikita lamang ay ang nasa malapit"** Ito sa literal ay "pagkurap," "pagkindat," o "pagsulyap." Iyon ay ginamit na patalinghaga sa isang nagtatangkang makitang malinaw, ngunit walang kakayahan, maaaring kusang pagpihit mula sa liwanag (cf. *The Vocabulary of the Greek Testament: Illustrated from the Papyri and Other Non-literature Sources* nina James Hope Moulton at George Milligan, p. 420).

▣

**NASB** **"pagkalimot ng paglilinis ng kaniyang dating mga kasalanan"**
**NKJV** **"nakalimot na sila ay nalinis na sa anyo kaniyang mga lumang kasalanan"**
**NRSV** **"ay nakalimot sa paglilinis ng nakalipas na mga kasalanan"**
**TEV** **"nakalimutan na kayo ay nalinis mula sa inyong nakalipas na kasalanan"**
**NJB** **"nalimot kung paanong ang mga kasalanan na nakalipas ay nahugasan na"**

Ito ay nagpapahiwatig na ang mga ito ay mananampalataya, ngunit sila nabighani pabalik sa pamumuhay ng walang diyos na pagano sa pamamagitan ng mga bulaang guro (cf. kabanata 2). Anong isang trahedya.

1. Ang pamumuhay na ito ay hindi nagdadala ng kagalakan, kapayapaan, o katiyakan
2. Ang pamumuhay na ito ay humahadlang sa ebanghelyo
3. Ang pamumuhay na ito ay mabisang ministeryo
4. Ang pamumuhay na ito ay nagdudulot ng maagang kamatayan

Sa pariralang ito, tinutukoy ni Pedro ang pagiging dalisay o paglilinis mula sa kasalanan na magaganap sa pamamagitan ng panghaliling kamatayan ni Kristo alang-alang sa iba (cf. I Pedro 1:18; 2:24; 3:18).

**1:10 "lalong pagsikapan ninyo"** Ito ay isang AORIST GANAP NA PAUTOS. Ang terminong ito (cf. 1:15; 3:14) ay maaaring mangahulugang

1. gawin nang mabilis ang anumang bagay (cf. Tito 3:12)
2. gawin ang isang pinakainan (cf. taga-Efeso 4:3)
3. maging masigasig (cf. Mga Gawa 20:16; taga-Galacia 2:10)

Ang opsyon #3 ay tila pinakamainam (cf. NRSV).

▣

**NASB** **"na mangapanatag kayo"**
**NKJV** **"na matiyak ninyo"**
**NRSV** **"mapatibay"**
**TEV** **"mapanatili"**
**NJB** **"huwag hayaan. . .na magalinlangan"**

Ang terminong ito ay ginamit sa tatlong paraan.

1. may katiyakan sa pamamagitan ng pagiging matatag (cf. taga-Roma 4:16)
2. maaasahan (cf. II Pedro 2:19 at Mga Hebreo 3:14; 6:19)
3. mapapatunayan (ginamit sa koine Griyegong papyri mula sa Ehipto para sa mga ligal na mga panagot tulad ng pagpapatibay ng isang kapasyahan)

Ang mga Kristiyano ay may katiyakan (cf. taga-Filipos 2:12-13; I Juan 5:13). Tingnan ang Natatanging Paksa sa

ibaba.

**NATATANGING PAKSA: KATIYAKAN (ASSURANCE)**

A. Maaari bang malaman ng Kristiyano na siya nga ay ligtas (cf. I Juan 5:13)? Ang I Juan ay may tatlong pagsusuri o mga katunayan.
   1. Pang-Doktrina (pananampalataya, 1 Juan 1:1,5,10; 2:18-25; 4:1-6,14-16; 5:11-12)
   2. Pamumuhay (pagsunod, 1 Juan 2:2-3; 2:3-6; 3:1-10; 5:18)
   3. Panlipunan (pag-ibig, 1 Juan 1:2-3; 2:7-11; 3:11-18; 4:7-12, 16-21)

B. Ang katiyakan ay naging paksang pang-denominasyonal
   1. Si John Calvin ay binatay ang katiyakan sa pagpili ng Diyos. Sinabi niya na hindi kailanman tayo magiging tiyak sa buhay na ito.
   2. Si John Wesley ay binatay ang katiyaka sa karanasang pang-relihiyon. Naniniwala siya na mayroon tayong kakayahan na mabuhay na higit sa kilalang kasalanan
   3. Ang Romano Katoliko at ang Iglesiya ni Kristo ay binatay ang katiyakan sa isang nakapangyayaring Iglesiya. Ang pangkat na kung saan ang isa ay kabilang ay ang susi sa katiyakan.
   4. Karamihan ng mga ebandyeliko ay binatay ang katiyakan sa mga pangako ng Bibliya, na nauugnay sa bunga ng Espiritu sa buhay ng mga mananampalataya (cf. taga-Galacia 5:22-23).

C. Sa aking palagay ang pangunahing katiyakan ng nalugmok na sangkatauhan ay maiuugnay sa katangian ng Trinidad na Diyos
   1. Pag-ibig ng Diyos Ama
      a. Juan 3:16; 10:28-29
      b. taga-Roma 8:31-39
      c. taga-Efeso 2:5,8-9
      d. taga-Filipos 1:6
      e. I Pedro 1:3-5
      f. I Juan 4:7-21
   2. Mga pagkilos ng Diyos Anak
      a. Kamatayang para sa ating kapakanan
         1) Mga Gawa 2:23
         2) taga-Roma 5:6-11
         3) II taga-Corinto 5:21
         4) I Juan 2:2; 4:9-10
      b. Panalanging pang-punong saserdote (Juan 17:12)
      c. Nagpapatuloy na pamamagitan
         1) taga-Roma 8:34
         2) Hebreo 7:25
         3) I Juan 2:1
   3. Gawain ng Diyos Espiritu
      a. pagtawag (Juan 6:44,65)
      b. pagtatak
         1) II taga-Corinto 1:22; 5:5
         2) taga-Efeso 1:13-14; 4:3
      c. pagtitiyak
         1) taga-Roma 8:16-17
         2) I Juan 5:7-13

D. Ngunit ang sangkatauhan ay kailangan tumugon sa pangkasunduang kaloob ng Diyos (kapwa sa pasimula at sa pagpapatuloy)
   1. Ang mga mananampalataya ay kailangang talikuran ang kasalanan (pagsisisi) at sa Diyos sa pamamagitan ni Hesus (pananampalataya)
      a. Marcos 1:15
      b. Mga Gawa 3:16,19; 20:21
   2. Ang mga mananampalataya ay kailangang tanggapin ang kaloob ng Diyos kay Kristo (tingnan ang Natatanging Paksa: Ano ang Kahulugan na "tumanggap," "manampalataya," "magpahayag na pananampalataya," "tumawag"?)
      a. Juan 1:12; 3:16
      b. taga-Roma 5:1 (at sa paghahalintulad 10:9-13)
      c. taga-Efeso 2:5,8-9
   3. Ang mga mananampalataya ay kailangang magpatuloy sa pananampalataya (tingnan ang Natatanging Paksa: Pagtitiis)
      a. Marcos 13:13

b. I taga-Corinto 15:2
c. taga-Galacia 6:9
d. Hebreo 3:14
e. II Pedro 1:10
f. Hudas 20-21
g. Pahayag 2:2-3,7,10,17,19,25-26; 3:5,10,11,21

E. Ang katiyakan ay mahirap dahil sa
1. Kadalasan ang mga mananampalataya ay naghahanap ng isang karanasan hindi ng pangako ng Bibliya
2. Kadalasan ang mga mananampalataya ay hindi lubusang nauunawaan ang ebanghelyo
3. Kadalasan ang mga mananampalataya ay nagpapatuloy sa sinasadyang kasalanan (cf. I taga-Corinto 3:10-15; 9:27; I Timoteo 1:19-20; II Timoteo 4:10; II Pedro 1:8-11)
4. Isang uri ng personalidad (i.e., pagiging walang-sala) ay hindi maaaring tumanggap sa walang kondisyong pagtanggap at pag-ibig ng Diyos
5. Sa Biblya mayroong mga halimbawa ng mga huwag na paghahayag na pananampalataya (cf. Mateo 13:3-23; 7:21-23; Marcos 4:14-20; II Pedro 2:19-20; I Juan 2:18-19, tingnan ang Natatanging Paksa: Apostasya)

Tingnan ang Natatanging Paksa: Kristiyanong Katiyakan para sa ibang balangkas ng doktrinang ito.

▣ **"sa pagkatawag"** Ang "Kaniya" ay wala sa Griyegong teksto, ngunit ipinahiwatig mula sa 1:3. Ang pangwakas na pag-asa ng mga mananampalataya ay sa katangian ng Ama, ang gawain ng Anak, at ang pag-uudyok ng Espiritu. Gayunman, ang mga ito ay pinagtibay sa bawat mananampalataya sa pamamagitan ng kanilang mga buhay ng pananampalataya, kabanalan, atbp. (cf. vv. 5-7; taga-Filipos 2:12-13). Nakikitungo ang Diyos sa sangkatauhan sa isang pangkasunduang pakikipag-ugnayan. Siya ang nagtatakda ng adyenda, Siya ang nagpapasimula ng pagtatagpo, inilalapit Niya tayo sa Kaniyang sarili, ngunit kailangan nating magsimula at magpatuloy na tumugon sa pagsisisi ng kasalanan, pananampalataya, paglilingkod, pagsunod, at pagtitiis. Ang ebanghelyo ay isang personang malugod na tinatanggap, isang katotohanang pinaniniwalaan, at isang buhay na ipinamumuhay! Kung anuman ang naiwan, ang malago, biblikal na kaligtasan ay hindi maaari.

## NATATANGING PAKSA: TINAWAG (CALLED)

Ang Diyos ay palagiang pinasisimulan ang pagtawag, pagpili at paghikayat sa mga mananampalataya sa Kanyang sarili (cf. Juan 6:44, 65; 15:16; I taga-Corinto 1:12; taga-Efeso 1:4-5,11). Ang salitang "tinatawag" ay ginamiat sa maraming mga teolohikong pagkakaunawa.

A. Sa OT, "ang pagtawag sa pangalan" ay palaging nasa konteksto ng pagsamba (cf. Genesis 4:26; 12:8; 21:33; 26:25; Exodo 34:5)
B. Ang mga makasalanan ay tinawag sa kaligtasan sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos (i.e., Exodo 34:6-7) ayon sa natapos na gawain ni Kristo at sa pag-uudyok ng Espiritu (i.e., *klētos*, cf. taga-Roma 1:6-7; 9:24, na may teolohikong pagkakatulad sa I taga-Corinto 1:1-2 at II Timoteo 1:9; II Pedro 1:10).
C. Ang mga makasalanan ay tumatawag sa panangalan ng Panginoon upang maligtas (i.e., *epikaleō*, cf. Mga Gawa 2:21; 22:16; taga-Roma 10:9-13). Ang pahayag na ito ay isang pang-Hudyong kataga sa pagsamba.
D. Ang mga mananampalataya ay tumatawag sa Kaniyang pangalan sa panahon ng krises at pighati (Mga Gawa 7:59)
E. Ang mga mananampalataya ay tinawag upang mabuhay ng pamumuhay na tulad kay Kristo (i.e., *klēsis*, cf. I taga-Corinto 1:26; 7:20; taga-Efeso 4:1; taga-Filipos 3:14; II taga-Thesalonica 1:11; II Timoteo 1:9).
F. Ang mga mananampalataya sa tinawag sa mga pang-ministeryong gawain (cf. Mga Gawa 13:2; I taga-Corinto 12:4-7; taga-Efeso 4:1).

▣ **"at pagkahirang sa inyo"** Ang pangngalang *eklogē* ay palaging ginagamit sa pagpili ng Diyos.
1. Jacob/Israel – taga-Roma 9:11
2. ang matapat na natitira – taga-Roma 11:5,28
3. ang mga mananampalataya sa NT – taga-Roma 11:7
4. ang iglesiya – I taga-Thesalonica 1:4; II Pedro 1:10

Tingnan ang mga Natatanging Paksa sa Marcos 13:20 at I Pedro 1:2.

▣ **"sapagkat kung gawin ninyo ang mga bagay na ito"** Ang "mga bagay na ito" ay tumutukoy sa vv. 3-7. Ang walang-hanggang buhay ay may makikitang mga katangian.

Ang gramatika (i.e., isang DALAWAHANG SALUNGAT) at ang terminong *pote* (i.e., "sa anumang panahon" o "palagi") ay nagkakaloob ng dakilang katiyakan sa mga nagpupunyaging mananampalataya sa gitna ng pagdurusa at pag-uusig (i.e., I Pedro) at mga bulaang katuruan (i.e., II Pedro).

Sa *Word Pictures in the New Testament*, tomo 6, p. 153, si A. T. Robertson ay kinilala ang PANDIWANG "kasanayan" (i.e., *pioeō*) bilang isang PANGKASALUKUYANG GANAP NA MASUSING [may pasubali] PANDIWARI, tulad ng v. 8. Ang NASB, NKJV, NRSV, at TEV ay isinama ang Ingles na may pasubaling "kung" sa kanilang mga salin (tulad ng v. 8).

▣ **"ay hindi kayo mangatitisod kailan man"** Ito ay isang gramatikong balangkas (DALAWAHANG SALUNGAT at ang MAY PASAKALING PANAGANO), na pinakamalakas na paraan sa pagsasalungat ng isang pahayag. Ang katulad na katotohanang ito ay inihayag sa Hudas 24.

Gayunman, tulad ng Mga Hebreo (cf. 2:1-4; 3:7-4:11; 5:11-6:12; 10:9-39; 12:14-29), ang II Pedro ay may ilang mga nakakagulat na babala (cf. 2:1,20- 22; 3:17). Ang kaligtasan ay tiyak (cf. I Pedro 1:4-6), ngunit kailangang mapanatili.

## NATATANGING PAKSA: APOSTASYA (*APHISTĒMI*) O PAGTALIKOD SA PANANAMPALATAYA (APOSTASY (*APHISTĒMI*))

Ang Griyegong salitang ito na *aphistēmi* ay may malawak na semantikong larangan. Gayunman, ang Ingles na salitang "apostasya" ay nanggaling sa salitang ito ay at may pagkiling ang kanyang pagkagamit na makabagong mambabasa. Ang konteksto, na palagian, ay ang susi, hindi ang isang paunang itinakdang kahulugan.

Ito ay isang tambalang salita mula sa pang-ukol na *apo*, na nangangahulugang "mula sa" o "malayo sa" at *histēmi*, "umupo," "tumayo," o "ayusin." Pansinin na ang mga sumusunod (di-teolohiko) na mga pagkakagamit:

1. alisin ng pisikal
    a. mula sa Templo, Lucas 2:37
    b. mula sa isang bahay, Marcos 13:34
    c. mula sa isang tao, Marcos 12:12; 14:50; Mga Gawa 5:38
    d. mula sa lahat ng mga bagay, Mateo 19:27,29
2. alisin sa politika, Mga Gawa 5:37
3. alisin sa pakikipag-ugnayan, Mga Gawa 5:38; 15:38; 19:9; 22:29
4. alisin sa batas (diborsyo), Deuteronomio 24:1,3 (LXX ) at NT, Mateo 5:31; 19:7; Marcos 10:4; I taga-Corinto 7:11
5. alisin ang utang, Mateo 18:7
6. ipakita ang hindi pag-aaruga sa pamamagitan ng pag-iwan, Mateo 4:20; Juan 4:28; 16:32
7. ipakita ang pag-aaruga sa pamamagitan ng hindi pag-iwan, Juan 8:29; 14:18
8. bigyan ng pahintulot o permiso, Mateo 13:30; 19:14; Marcos 14:6; Lucas 13:8

Sa isang teolohikong pakahulugan ang PANDIWA ay mayroon ding malawak na pagkakagamit:

1. bawiin, patawarin, ipadala ang pagiging makasalanan, Exodo 32:32 (LXX); Bilang 14:19; Job 42:10 at NT, Mateo 6:12,14-15; Marcos 11:25-26
2. pagpigil mula sa kasalanan, II Timoteo 2:19
3. kalimutan ang paglayo mula sa
    a. Kautusan, Mateo 23:23; Mga Gawa 21:21
    b. Pananampalataya, Ezekiel 20:8 (LXX ); Lucas 8:13; II taga-Thesalonica 2:3; I Timoteo 4:1; Hebreo 2:13

Ang makabagong mga mananampalataya ay nagtatanong ng maraming teolohikong katanungan sa mga manunulat sa NT na hindi kailanman nila naisip. Ang isa dito ay maiuugnay sa makabagong pagkahilig na ihiwalay ang pananampalataya (pagpapawalang-sala) mula sa katapatan (pagpapaging-banal).

May mga tao sa Bibliya na may pakikipag-ugnayan sa bayan ng Diyos at may ilang bagay ang nangyari.

I. Lumang Tipan
    A. Silang nakarinig ng ulat ng labingdalawang (sampu) espiya, Bilang 14 (cf. Hebreo 3:16-19)
    B. Korah, Bilang 16
    C. Mga anak ni Eli, I Samuel 2, 4
    D. Si Saul, I Samuel 11-31
    E. Mga Bulaang Propeta (mga halimbawa)
        1. Deuteronomio 13:1-5 18:19-22 (mga paraan upang makilala ang isang bulaang propreta)
        2. Jeremias 28
        3. Ezekiel 13:1-7
    F. Mga Bulaang Propeta (babae)
        1. Ezekiel 13:17
        2. Nehemias 6:14
    G. Mga Masasamang Pinuno ng Israel (mga halimbawa)
        1. Jeremias 5:30-31; 8:1-2; 23:1-4
        2. Ezekiel 22:23-31
        3. Mikas 3:5-12

II. Bagong Tipan

A. Ang Griyegong salitang ito sa literal, ay "lubusang pagtalikod". Ang Luma at Bagong Tipan ay kapwa pinapatunayan ang isang pagtindi ng kasamaan at bulaang mga turo bago ang Pangalawang Pagdating (cf. Mateo 24:24; Marcos 13:22; Mga Gawa 20:29,30; II taga-Thesalonica 2:9-12; II Timoteo 4:4). Ang Griyegong salitang ito ay maaaring maglarawan ng mga salita ni Hesus sa Parabula ng mga Lupa na matatagpuan sa Mateo 13; Marcos 4; at Lucas 8. Ang mga bulaang mangangaral na ito ay maliwanag na hindi mga Kristiyano, ngunit sila ay nanggaling sa loob (cf. Mga Gawa 20:29-30; I Juan 2:19); gayunman, sila ay may kakayahan na maakit at mabihag ang mga di-malagong mga mananampalataya (cf. Hebreo 3:12).

Ang teolohikong katanungan ay kung ang mga bulaang mangangaral ay naging mga mananampalataya? Ito ay mahirap na sagutin dahil sila ay mga bulaang mangangaral sa mga lokal na iglesiya (cf. I Juan 2:18-19). Kadalasang ang ating teolohikong o denominasyonal na mga tradisyon ang sumasagot sa katangungang ito na walang partikular na sangunian sa mga teksto ng Bibliya (maliban sa paraan ng patunay na teksto na sumisipi ng isang talata na labas sa konteksto sa inaakalang patunay ng isang pagkatig).

B. Tila may pananampalataya
   1. Si Hudas, Juan 17:12
   2. Si Simon Magnus, Mga Gawa 8
   3. Silang nabanggit sa Mateo 7:13-23
   4. Silang nabanggit sa Mateo 13; Marcos 4; Lucas 8
   5. Ang mga Hudyo sa Juan 8:31-59
   6. Sina lexander at Hymenaeus, I Timoteo 1:19-20
   7. Silang nasa I Timoteo 6:21
   8. Sina Hymenaeus at Philetus, II Timoteo 2:16-18
   9. Si Demas, II Timoteo 4:10
   10. Mga bulaang guro, II Pedro 2:19-22; Hudas vv. 12-19
   11. Mga antikristo, I Juan 2:18-19

C. Walang bungang pananampalataya
   1. I taga-Corinto 3:10-15
   2. II Pedro 1:8-11

Madalang nating maisip ang patungkol sa mga teksto dahil ating sistematikong teolohiya (Calvinismo, Arminianismo, atbp.) ang nag-aatas ng mandatong pagtugon. Huwag niyo akong paunang husgahan dahil aking tatalakayin ko ang paksang ito. Ang aking pag-aalala ay ang tamang hemenyutikong pamamaraan. Kailangan nating hayaang magsalita ang Bibliya sa atin at hindi sumubok na ihugis ito sa isang nakasanayang teolohiya. Ito ay madalas na nakakasakit at nakakagulat dahil ang higit sa ating teolohiya ay pang-demoninasyunal, pang-kultura o pang-ugnayan (magulang, kaibigan, pastor), hindi biblikal (tingnan ang Natatanging Paksa: Ano ang Kahulugan ng "Tanggapin," "Manampalataya," "Magpahayag ng Pananampalataya," "Tumawag"?). Ang ilang nasa Bayan ng Diyos ay lumalabas na hindi dapat kabilang sa Bayan ng Diyos (e.g., taga-Roma 9:6).

**1:11 "kahariang walang hanggan"** Ito ay tumutukoy sa walang-hangang paghahari ni YHWH at ng Mesias (cf. Isaias 9:7; Daniel 7:14,27; Lucas 1:33; I Timoteo 6:16; Pahayag 11:15, 22:5). Hindi ito tumutukoy sa isang milenyong kaharian o sa anumang iba pang teksto sa NT, maliban sa Pahayag 20, bagaman ang ilan ay nakikita ang isang may talukbong na pagkabanggit sa I taga-Corinto 15:25-28. Hindi ko nakikita.

▣ **"Panginoon at Tagapagligtas"** Ang katulad na pariralang ito ay ginamit ng Emperador. Iyon ay isang di-karaniwang titulo na madalas gamitin sa aklat na ito (cf. 1:11; 2:20; 3:2,18).

▣ **"ipinamamahaging sagana sa inyo"** Ito ay isang PANGHINANARAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG. Ang PAUTOS na anyo ay ginamit sa 1:5. Ang Diyos ang magkakaloob ng pangangailangan ng lahat ng mga mananampalataya (cf. 1:3). Ang mga mananampalataya ay inuutusang tumugon nang nararapat sa liwanag ng tinadhana ng Diyos (cf. 1:4). Ang kanilang pagtugon ay hindi ang paraan upang tanggapi ng Diyos, ngunit ang katibayan na sila ay tinanggap.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:12-15

**[12]Kayat magiging handa akong lagi na ipaalaala ko sa inyo ang mga bagay na ito, bagamat inyong nalalaman, at kayo ay pinatitibay sa katotohanang nasa inyo. [13]At inaakala kong matuwid, na samantalang ako ay nasa tabernakulong ito, ay kilusin ko kayo na ipaalaala ko sa inyo; [14]Yamang aking nalalaman na dumarating na madali ang paghiwalay ko sa aking tabernakulo, na gaya ng ipinahiwatig sa akin ng Panginoon nating Hesukristo. [15]Oo, pagsisikapan ko na sa tuwituwi na, pagkamatay ko'y inyong maalaala ang mga bagay na ito.**

**1:12 "Kayat"** Batay sa mga katotohanan ng ebanghelyo ng kabanata 1.

▣ **"magiging handa akong lagi na ipaalaala ko sa inyo"** Ito ay isang inuulit na paksa (cf. 1:12-13,15; 3:1-2; taga-Filipos 3:1; Hudas 5,17). Ang mga katotohanang ito ng ebanghelyo ay kailangang ulit-ulitin para sa kabatiran ng mga bagong mananampalataya at ang katatagan ng mga malagong mga mananampalataya.

Ang mga talatang 12-15 ay kadalasang nakikilala bilang isang genre na tinatawag na "mga patotoo." Kadalasang iyon ay kaugnay sa huling mga salita ng isang tao bago sa kamatayan (cf. Joshue 23-24; I Samuel 12; II Timoteo 4:6-8; II Pedro 1:12-15).

▣ **"kayo ay pinatitibay"** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA PANDIWARI. Ito ay maaaring tumutukoy sa (1) pangangaral ng ebanghelyo o (2) mga mahimalang palatandaan. Pansining iyon ay kapangyarihan ng Diyos (BALINTIYAK NA TINIG) na nagkakaloob ang katatagan ng mananampalataya (cf. I Pedro 5:10). Ngunit ang mga mananampalataya ay kailangang bantayan iyon (cf. 3:17; I Pedro 5:9).

▣ **"sa katotohanan"** Ang mga terminong "katotohanan/tunay/mapagkakatiwalaan" ay napakahalagang biblikal na mga konsepto na nais kong ibahagi sa dalawang natatanging paksa na hinango mula sa aking komentaryo sa mga sulat ni Juan (tomo 4).

## NATATANGING PAKSA: "KATOTOHANAN" (ANG KONSEPTO) SA MGA KASULATAN NI JUAN ("TRUTH" (THE CONSEPT) IN JOHN'S WRITINGS)

Sa isang pagtingin si Juan ay isinama ang Hebreong at Griyegong pinanggalingan ng *alētheia* "katotohanan" tulad ng kanyang ginawa sa *logos* (cf. 1:1-14). Sa Hebreong *emeth* (BDB 53) ay nagpapakahulugan ng totoo, o magpagkakatiwalaan (madalas sinasamahan sa Septuagint ng *pisteuō).* Sa Griyego ito ay isinasama sa realidad ni Plato laban sa hindi realidad, makalangit laban sa makamundo. Ito ay tumutugma sa dualism ni Juan. Ang Diyos ay malinaw na nagpahyag (ang etimolohiya ng alētheia ay isiwalat, huwag pagtakpan, malinaw na magpakita) ang Kanyang sarili sa Kanyang Anak. Ito ay naipahayag sa ilang mga kaparaanan.

1. PANGALAN, *alētheia*, katotohanan
   a. Si Hesus ay puno ng biyaya at katotohanan (cf. Juan 1:14,17 – mga pangkasunduang salita sa OT)
   b. Si Hesus ay ang pokus sa pagsaksi ni Juan na Tagabautismo (cf. Juan 1:32-34; 18:37 – huling propeta sa OT)
   c. Si Hesus ang nagsasalita ng katotohanan (cf. Juan 8:40,44,45,46 – ang kapahayagan ay panukala at personal)
   d. Si Hesus ay ang daan, ang katotohanan, at ang buhay (cf. Juan 14:6)
   e. Si Hesus ang nagpapabanal sa kanila sa katotohanan (cf. Juan 17:17)
   f. Si Hesus (ang *Logos*, Juan 1:1-3) ay katotohanan (cf. Juan 17:17)
2. PANG-URI, *alēthēs*, totoo, mapagkakatiwalaan
   a. Ang pagsaksi ni Hesus (cf. Juan 5:31-32; 7:18; 8:13-14)
   b. Ang paghuhukom ni Hesus (cf. Juan 8:16)
3. PANG-URI, *alēthinus*, tunay
   a. Si Hesus ang tunay na ilaw (cf. Juan 1:9)
   b. Si Hesus ang tunay na tinapay (cf. Juan 6:32)
   c. Si Hesus ang tunay na puno ng ubas (cf. Juan 15:1)
   d. Si Hesus ang tunay na saksi (cf. Juan 19:35)
4. PANG-ABAY, *alēthōs*, napakatunay
   a. Ang pagsaksi ng Samaritana kay Hesus bilang Tagapagligtas ng mundo(cf. Juan 4:42)
   b. Si Hesus ang tunay na pagkain at inumin, bilang pagsalungat sa manna sa panahon ni Moises (cf. Juan 6:55)

Ang salitang katotohanan at ang mga sanga nito ay nagpapahayag ng ibang patotoo ni Hesus, *alēthēs*
   a. Ang patotoo ni Juan Bautista ay totoo (cf. Juan 10:41)
   b. ang patotoo ng isa sa mga sundalo malapit sa krus ay totoo (cf. Juan 19:35)
   c. Ang patotoo ni Juan (ang may-akda ng Ebanghelyo) ay totoo (cf. Juan 19:35; 21:24)
   d. Nakita si Hesus bilang totoong propeta (cf. Juan 6:14; 7:40)

Para sa isang magandang talakayan patungkol sa katotohanan sa OT at NT, tignan si George E. Ladd, *A Theology of the New Testament,* pp. 263-269.

## NATATANGING PAKSA: "TUNAY" (ANG SALITA) SA MGA KASULATAN NI JUAN ("TRUE" (THE TERM) IN JOHN'S WRITINGS)

1. Ang Diyos Ama

a. Diyos ay tunay/magapagkakatiwalaan (cf. Juan 3:33; 7:18,28; 8:26; 17:3; taga-Roma 3:4; I taga-Thesalonica 1:9; I Juan 5:20; Pahayag 6:10)
b. Ang mga paraan ng Diyos ay tunay (cf. Pahayag 15:3)
c. Ang paghahatol ng Diyos ay tunay (cf. Pahayag 16:7; 19:2)
d. Ang mga pananalita ng Diyos ay tunay(cf. Pahayag 19:11)

2. Ang Diyos Anak
   a. ang Anak ay totoo/katotohanan
      (1) tunay na ilaw (cf. Juan 1:9; I Juan 2:8)
      (2) tunay na puno ng ubas (cf. Juan 15:1)
      (3) puno ng biyaya at katotohanan (cf. Juan 1:14,17)
      (4) Siya ay katotohanan (cf. Juan 14:6; 8:32)
      (5) Siya ay tunay (cf. Pahayag 3:7,14; 19:11)
   b. ang patotoo/saksi ng Anak ay totoo (cf. Juan 18:37)
3. Ito ay maaring may maikukumparang kahulugan
   a. ang batas ni Moises laban sa biyaya at katotohanan ni Hesus (cf. Juan 1:17)
   b. ang tabernakulo sa ilang laban sa makalangit na tabernakulo (cf. Hebreo 8:2; 9:1)
4. Gaya ng madalas sa Juan ang salitang ito ay mayroong ilang mga kahulugan (Hebraiko at Griyego). Si Juan ay ginagamit ang mga ito upang ilarawan ang Ama at ang Anak, bilang mga persona, bilang mga tagapagsalita, na gaya ng kanilang mensahe na ipinasa sa kanilang mga alagad (cf. Juan 4:23;19:35; Hebreo 10:22; Pahayag 22:6).
5. Para kay Juan ang dalawang mga PANG-URI ito ay naglalarawan sa Ama bilang isa at tanging mapagkakatiwalaan Diyos (cf. 5:44; I Juan 5:20) at si Hesus bilang Kanyang tunay at ganap na kapahayagan para sa layunin ng pagtutubos, hindi lamang kognitibo, mga katotohanan!

▣
**NASB** **"na nasa inyo"**
**NKJV** **"sa kasalukuyang katotohanan"**
**NRSV** **"na dumating sa inyo"**
**TEV** **"na natanggap ninyo"**
**NJB** **(ang parirala ay tinanggal)**

Sa literal, ang parirala ay "sa pangkasalukuyang katotohanan." Paanong ang "katotohanan" ay pangkasalukuyan? Ang katotohanan ay kapwa (1) ang mapagkakatiwalaang katangian at salita ng Diyos at (2) isang paglalarawan kay Hesus at isang paraan ng pagtukoy sa mensahe ng ebanghelyo (i.e., ang Buhay na Salita at ang Isinulat na Salita).

Ang terminong "pangkasalukuyan" ay ang terminong *parousē*, na ginamit upang ilarawan ang Ikalawang Pagparito ni Kristo bilang Kaniyang "presensiya" (cf. 1:16; 3:4,12).

**1:13 "tabernakulo"** Ginagamit din ni Pablo ang pariralang ito sa II taga-Corinto 5:1-10 upang tumukoy sa kaniyang pisikal na katawan. Ang mga talatang 14 at 15 ay maliwanag na nagpapakita na inaasahan ni Pedro na maging susunod na martir.

**1:14 "ng Panginoon nating Hesukristo"** Ang titulong ito ay nagpapahiwatig ng maraming teolohikong katotohanan noong unang siglo Hudyo/Kristiyanong pagbasa.

▣ **"Panginoon"** Ang Griyegong terminong Panginoon (*kurios*) ay ginagamit sa isang pangkalahatang kaunawaan o sa isang lumagong teolohikong kaunawaan. Iyon ay maaaring mangahulugang "mister," "ginoo" (cf. Juan 4:11), "panginoon," "may-ari," "asawang lalaki," o "ang ganap na Diyos-tao" (cf. Juan 9:36,38). Ang OT (Hebreo, *adon*) na paggamit ng terminong ito ay nagmula sa pag-aatubili ng mga Hudyo na bigkasin ang pangkasunduang pangalan para sa Diyos, si YHWH, mula sa Hebreong PANDIWA na "maging" (cf. Exodo 3:14). Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa pagka-Diyos sa Marcos 12:36. Sila ay natatakot na labagin ang kautusan, na nagsasabing, "Huwag mong babanggitin ang pangalan ng Panginoon mong Diyos sa walang kabuluhan" (cf. Exodo 20:7; Deuteronomyo 5:11). Samakatuwid, kanilang iniisip na kung hindi nila babanggin iyon, sila hindi nila ito mababanggit sa walang kabuluhan. Kaya, kanilang pinalitan ng Hebreong salitang *adon*, na may isang katulad kahulugan sa Griyegong salitang *kurios* (Panginoon). Ang mga may-akda ng NT ay ginamit ang terminong ito sa paglalarawan sa lubos na pagka-Diyos ni Kristo. Ang pariralang "si Hesus ay Panginoon" ay ang pangmadlang pagpapahayag ng pananampalataya at isang pang-bautismong pormula ng sinaunang iglesiya (cf. taga-Roma 10:9-13; I taga-Corinto 12:3; taga-Filipos 2:11).

▣ **"Hesus"** Ang Hebreo pangalan ay nangangahulugang "nagliligtas si YHWH" o "si YHWH ay nagdadala ng kaligtasan." Iyon ay inihayag sa kaniyang mga magulang sa pamamagitan ng isang anghel (cf. Mateo 1:21). Ang "Hesus" ay nagmula sa Hebreo salitang para sa kaligtasan, *hosea*, na dinudugtungan ng pangkasunduang pangalan para sa Diyos, YHWH. Iyon ay katulad ng Hebreong pangalan na Joshue.

▣ **"Kristo"** Ito ay ang Griyegong katumbas ng ang Hebreo terminong *messiah*, na nangangahulugang "isang pinahiran." Iyon ay nagpapahiwatig ng "isang tinatawag at pinapalakas ng Diyos para sa isang tiyak na gawain." Sa OT, tatlong mga pangkat ng mga pinuno: mga saserdote, mga hari, at mga propeta ay pinapahiran ng langis. Tinupad ni Hesus ang lahat ng tatlong pinahirang opisina (cf. Mga Hebreo 1:2-3).

▣ **"na gaya ng ipinahiwatig sa akin"** Ito ay tumutukoy sa kamatayan ni Pedro (cf. Juan 13:36) o ang paraan ng kamatayan ni Pedero na inihayag ng Panginoon kay Pedro sa Juan 21:18-19.

**1:15 "pagkamatay ko"** Ito ay ang termino "exodo" (cf. Lucas 9:31) na ginamit sa kaunawaan ng kamatayan (i.e., isang euphemism) o pagbalik sa langit.

▣ **"inyong maalaala ang mga bagay na ito"** Ito ay tumutukoy sa aklat ng I Pedro, II Pedro, o ang Ebanghelyo ni Marcos (cf. Irenaeo). Naunawaan ni Pedro na gagamitin ng Espiritu ang kaniyang mga sulat pagkatapos ng kaniyang kamatayan. Siya ay mayroong isang kaunawaan na ang Espiritu ay nagsasalita sa pamamagitan ng niya para sa mga Kristiyano upang basahin at gamitin pagkatapos ng kaniyang kamatayan!

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:16-18

**16 Sapagkat kami ay hindi nagsisunod sa mga kathang ginawang mainam, noong aming ipinakilala sa inyo ang kapangyarihan at pagparito ng ating Panginoong Hesukristo, kundi kami ay naging mga saksing nakakita ng kaniyang karangalan. 17 Sapagkat siya ay tumanggap sa Diyos Ama ng karangalan at kaluwalhatian, nang dumating sa kaniya ang isang tinig mula sa Marangal na Kaluwalhatian, Ito ang sinisinta kong Anak, na siya kong kinalulugdan: 18 At ang tinig na ito ay aming narinig na nanggaling sa langit, nang kami ay kasama niya sa banal na bundok.**

**1:16**
**NASB "kathang ginawang mainam"**
**NKJV "matalinong pagkakakathang mga pabula"**
**NRSV "mahusay nag pagkakakathang mga mito"**
**TEV "mga ginawang kwento"**
**NJB "mahusay na inimbentong kuwento"**

Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA PANDIWARI, na nagpapahiwatig ng isang palagiang kalagayan ng paglinlang (GANAP NA PANAHUNAN) na dinala ng isang di-nakikilalang, panglabas na kinatawan (BALINTIYAK NA TINIG) na maaaaring mga bulaang guro sa kanilang mga sarili o isang masama. Nakuha natin ang Ingles na salitang "katha" mula sa Griyegong salitang ito, na tanging matatagpuan sa
1. I Timoteo 1:4; 4:7
2. II Timoteo 4:4
3. Tito 3:9,14
4. II Pedro 1:16

Yamang ang mga bulaang gurong ito (mula sa paglalarawan ng kabanata 2) ay bagong nagsisimulang mga Nostiko na may ilang Hudyong inklinasyon (i.e., #2), ang mga kathang ito ay maaaring tumutukoy sa
1. pang-anghel na mga antas sa pagitan ng isang banal na diyos at mas mababang espirituwal na mga nilalang (aeons) at kanilang lihim na mga pangalan
2. ang mga salin-lahi na kaugnay sa Mesias bilang taong makalangit na kaiba mula sa isang tunay na taong Kristo
3. ang may layuning teolohikong paghihiwalay ng kaligtasan at etika/moralidad

Para sa isang mabuting pagtalakay ng mga iba't-ibang para na ginamit ang "katha", tingnan si G. B. Caird, *The Language and Imagery of the Bible*, mga kabanatang 12-13, pp. 201-243.

▣ **"pagparito ng ating Panginoon"** Ito ay isa pang sentrong paksa ng aklat. Ang terminong *parousia*, na tinatakda bilang "pagdating" o "presensya" (parehong ugat sa v. 12), ay ginamit sa koine Griyegong papyri para sa isang maharlikang pagdalaw ng isang hari. Ang terminong *parousia* ay kadalasang tumutukoy sa Ikalawang Pagparito (cf. 3:4,12), ngunit iyon ay maaaring tumutukoy sa Pagkakatawang-tao. Iyon ay maaaring tumutukoy dito dahil sa kontekstwal na pagkabanggit sa ang Pagbabagong-anyo sa susunod na parirala.

## NATATANGING PAKSA: ANG IKALAWANG PAGPARITO (THE SECOND COMING)

Mayroong maraming termino at parirala na tumutukoy sa pagparito ni Hesus.
1. *parousia* (i.e., Santiago 5:7), na nangangahulugang "presensya," at ginamit sa maharlikang pagbisita (cf. Mateo 24:3, 27, 37, 39; 1 taga-Corinto 15:23; 1 taga-Thesalonica 2:19; 3:13; 4:15; 5:23; 2 Thesalonica 2:1, 8; 2 Pedro 1:16; 3:4, 12; 1 Juan 2:28)
2. *epiphaneia*, "mukha sa mukha na paglilitaw" (i.e., 1 Timoteo 6:14; 2 Timoteo 1:10; 4:1, 8; Tito 2:13)

3. *apokalupis*, "pag-aalis ng talukbong" o "pagpapahayag" (i.e. 1 Corinto 1:7; 2 Thesolonica 1:7; 1 Pedro 1:5, 13; 4:13; 5:1)
4. "ang Araw ng Panginoon" at ang mga kaibahan ng pariralang ito (tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Araw ng Panginoon)

Ang NT sa kabuuan ay isinulat sa loob ng mundong pananaw ng OT, na nagsasaad ng

1. isang kasalukuyang kasamaan, mapanghimagsik na panahon
2. isang paparating na bagong panahon ng katuwiran
3. ito ay maaring dalhin ng ahensya ng Espiritu sa pamamagitan ng gawa ng Mesias (Ang Isang Pinarihan; tingnan ang Natatanging Paksa: Mesias)

Ang teolohikong pagpapalagay ng progresibong kapahayagan ay kinailangan dahil ang NT mga may-akda ay bahagyang binago ang ekspektasyon ng Israel. Sa halip ng isang militar, pambansang pokus (Israel) na pagdating ng Mesias, mayroong dalawang mga pagdating. Ang unang pagdating ay ang inkarnasyon ng diyos sa konsepsyon at kapanganakan ni Hesus ng Nazareno. Siya dumating bilang hindi militar, hindi panghukuman na "nagdurusang tagapaglingkod" ng Isaias 53; gayundin ang malumanay na mananakay ng isang bisiro o isang asno (hindi pangdigma o pangharing kabayo), ng Zacarias. 9:9. Ang unang pagdating na pinasinayaan ng Bagong Mesyanikong Panahon, ang Kaharian ng Diyos sa mundo. Sa isang pakahulugan ang Kaharian ay narito, ngunit syempre, sa iba pa ito ay malayo pa rin. Sa tensyong ito sa pagitan ng dalawang mga pagdating ng Mesias, sa pakahulugan, ay ang pagpapatong ng dalawang Hudyong mga panahon na hindi nakikita, o medyo hindi malinaw, mula sa OT. Sa realidad, ang dalawahang pagbibigay-diin na sa pagtupad sa pangako ni YHWH upang tubusin ang lahat ng sangkatauhan (cf. Genesis 3:15; 12:3; Exodo 19:5 at ang pangangaral ng mga propeta, lalo na ang Isaias at Jonas; tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-hanggang Plano ng Katubusan ni YHWH).

Ang iglesya ay hindi naghihintay para sa katuparan ng OT propesiya dahil lahat ng mga propesiya ay tumutukoy sa unang pagdating (cf. *How to Read the Bibliya Para sa All Its Worth*, pp. 165-166). Ano ang inaasahan ng mga mananampalataya sa maluwalhating pagdating ng muling binuhay na Hari ng mga Hari at Panginoon ng mga Panginoon, ang inasahang historikal na katuparan ng bagong panahon ng katuwiran sa mundo na gaya ng sa langit (cf. Mateo 6:10). Ang OT mga presentasyon ay hindi mali, ngunit hindi kompleto. Siya muli ay darating bilang mga propeta na hinulaan, sa kapangyarhan at awtoridad ni YHWH (tingnan ang Natatanging Paksa: Bakit Ang Mga Pangako ng Kasunduan sa OT ay tila lubhang Naiiba mula sa Mga Pangako ng Kasunduan sa NT?).

Ang Ikalawang Pagdating ay hindi isang biblikal na termino, ngunit ang konsepto ay nagbubuo ng mundong pananaw at balangkas ng buong NT. Ang Diyos ay itutuwid ang lahat. Ang pakikisama sa pagitan ng Diyos at sangkatauhan na ginawa sa Kanyang ay mapapanumbalik. Ang masama ay hahatulan at aalisin. Ang mga layunin ng Diyos ay hindi, hindi maaring mabigo!

▣ **"kami ay naging mga saksing nakakita ng kaniyang karangalan"** Ito ay nagpapahayag ng pagkamay-akda ni Pedro sa pamamagitan ng pagiging saksi sa buhay sa mundo ni Hesus. Ito ay tiyak na tumutukoy sa Pagpapalit-anyo (cf. v. 18 at Marcos 9:2-8). Ang pariralang ito din ay ginamit ng mga pagsisimula sa mga relihiyon ng hiwag na nakakaranas ng kaisahan ng isang diyos. Si Pedro, tulad ni Pablo, ay kadalasang ginagamit ang mga parirala ng kaniyang katunggali bilang isang paraan ng pagpapabulaan sa kanila o pagbibigay ng kanilang wastong kahulugan.

Si Hesus ay inilalarawan sa terminong "pagkamaharlika." Sa susunod na talata (v. 17), ang Diyos Ama ay kinilala sa parehong terminong "pang-maharlikang Kaluwalhatian." Ang diwa ng pagka-Diyos sa loob ni Hesus ay inihayag sa panloob na pangkat ng mga alagad (i.e., Pedro, Santiago, at Juan) sa bundok.

▣ **1:17 "karangalan at kaluwalhatian"** Ito ay isang maaari sanggunian sa "*Shekinah* na Kaluwalhatian" (ang tinatawag ng mga rabbi na ulap sa Exodo at Mga Bilang), ang ulap mula sa sinabi ng Diyos (cf. Marcos 9:2-8). Tingnan ang Natatanging Paksa: Kaluwalhatian sa I Pedro 1:21.

▣ **"Ama"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa Marcos 13:32.

▣ **"isang tinig"** Ang mga rabbi ay tinatawang itong isang *Bath Kol* (i.e., isang tinig mula sa langit), na isang pagpapatunay ng kalooban ng Diyos mula sa panahon ni Malachi hanggang kay Juan Bautista kung saan walang propetikong tinig. Pinagtitibay ng Ama si Hesus kapwa sa Kaniyang bautismo at Kaniyang Pagbabagong-anyo (cf. Marcos 1:11; Mateo 17:5-6).

▣ **"ang sinisinta kong Anak"** Ito ay isang pang-Mesias na titulo mula sa Mga Awit 2:7.

▣ **"na siya kong kinalulugdan"** Ito ay isang pagkabanggit sa Isaias 42:1 (cf. Mateo 3:17; 17:5). Sa pag-uugnay sa Awit 2 at Isaias 42, kapwa binibigyang-diin ni Pedro ang maharlika at nagdurusang lingkod na aspeto ng Mesias. Ang dalawang aspeto din ay nagbibigay-kahulugan sa Kaniyang dalawang pagparito: Pagkakatawang-tao = Nagdurusang Lingkod; Ikalawang Pagparito = Hari at Hukom!

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:19-21**

**[19]At kami ay mayroong lalong panatag na salita ng propesiya; na mabuti ang inyong ginagawa kung ito ay inyong sinusundan, na gaya ng sa isang ilawang lumiliwanag sa isang dakong madilim, hanggang sa pagbubukang liwayway, at ang tala sa umaga ay sumilang sa inyong mga puso: [20]Na maalaman muna ito, na alin mang propesiya ng kasulatan ay hindi nagbuhat sa sariling pagpapaliwanag. [21]Sapagkat hindi sa kalooban ng tao dumating ang propesiya kailanman: kundi ang mga tao ay nagsalita buhat sa Diyos, na nangaudyokan ng Banal na Espiritu.**

**1:19 "salita ng propesiya"** Ito ay tumutukoy sa alinman sa (1) mga teksto sa OT (i.e., v. 17) o (2) pang-Apostol na saksi sa NT (cf. v. 12; I Juan 1:1-5).

▣ **"mayroong lalong panatag"** ang OT kapahayagan ng Diyos ay pinagtibay sa kapahayagan sa OT. Ang OT ay tiyak na napakahalaga sa isang puno ng pagkaunawa ng NT (cf. Marcos 1:1-3).

Ang buong talatang ito ay kaugnay sa naantalang Ikalawang Pagparito, na ang ilan ay nagsimulang magduda. Ninanais ni Pedero na tiyakin na ang kaniyang mga mambabasa sa pamamagitan ng

1. kaniyang sariling karanasan ng bagong panahon (i.e., ang pagbabagong-anyo ni Hesus)
2. ang katuparan ng propesiya sa buhay, mga katuruan, kamatayan, at muling pagkabuhay ni Hesus

Ang bagong araw ay dumating na at malulubos (i.e., bilang isang kumikinang na lampara, gaya ng singsing ng Venus). Tingnan si F. F. Bruce, *answers to Questions*, p. 130.

▣ **"isang ilawang lumiliwanag sa isang dakong madilim."** Ito ay isang pagkabanggit sa Mga Awit 119:105 at maaaring Kawikaan 6:23. Nagkaloob ang Diyos sa nalugmok na sangkatauhan lahat ng impormasyon na kailangan nila upang tumugon sa Kaniya sa pamamagitan ng pananampalataya (i.e., kapahayagan, inspirasyon, at iluminasyon). Ang sariling kapahayagan ng Diyos sa pamamagitan ng OT at sukdulan sa pamamagitan ni Kristo, na nakatala at ipinaliwanag ng mga may-akda ng NT, ay lubusang sapat (bagaman hindi kubuuan). Ang kapahayagang ito (OT at NT) ay tulad ng isang liwanag na nagniningning sa kadiliman ng pangtao at pang-anghel na kasalanan at paghihimagsik. Ngunit isang araw ang lalong mas higit na makinang na liwanag (i.e., isang harapang pagkikipagtagpo kay Kristo) ay magliliwanag sa bawat puso at isipan ng mananampalataya. Ang layunin ng kapahayagan ay hindi impormasyon, ngunit kaligtasan (i.e., naipanumbalik, napakalapit na pakikisama).

Ang mga bulaang guro ay nag-aangkin na mayroong isang natatanging kapahayagan mula sa diyos, ngunit ipinanapahayag ni Pedro na si Hesus ang lubusan at ganap na sariling-kapahayagan ng Diyos.

▣ **"ang tala sa umaga"** Ito sa literal ay "tagadala ng liwanag" o "tala sa umaga" (cf. Pahayag 2:28; 22:16). Mula sa Griyegong terminong ito nakuha natin ang Ingles na salitang "posporo." Ang aspetong ito ng liwanag na kumikinang ay may maraming mga kahulugan sa OT.

1. Iyon ay kaugnay sa Hebreong termino *helel*, na isinaling "tala sa umaga" (Lucifer sa Latin, cf. Isaias 14:12), na kadalasang tumutukoy sa planetang Venus.
2. Iyon ay nauugnay sa darating na Mesias sa Bilang 24:17 (i.e., "isang tala na darating mula kay Jacob") at Malakias 4:2 (i.e., "Ang araw ng katuwiran na sisikat").
3. Iyon ay nauugnay sa mga banal na muling nabuhay sa Daniel 12:3 (i.e., "sisikat nang maliwanag tulad ng liwanag sa kalawakan ng langit").
4. Iyon ay nauugnay sa maharlikang nagkatawang-tao na Mesias sa Pahayag 22:16 (i.e., "ang sinapupunan ni David ang maliwanag na tala sa umaga").

▣ **"sumilang sa inyong mga puso"** Sa konteksto, ito ay tumutukoy sa umiiral na pagtagpo sa Diyos na ibinunga ng Kaniyang sariling kapahayagan sa Banal na Kasulatan (OT), kay Hesus (pagkakatawag-tao), at pang-Apostol na mga sulat (NT). Sa ilang pagkakataon, ang nalugmok na mga tao ay may isang "aha" na pagpapataon ng pag-unawa. Ang katotohanan ng Diyos ay pumasok sa ating kamalayan. Ang prosesong ito ng pang-unawa at pananalig ay ginabayan na Banal na Espiritu (cf. Juan 6:44,65).

Ang Kristiyanismo ay nagsisimula bilang isang pansariling pagtatagpo at pananampalatayang pagtugon sa Diyos kay Kristo. Iyon ay nagdudulot sa isang pangkabuuang karanasan ng pamilyang pag-ibig at pamilyang paglilingkod (cf. I taga-Corinto 12:7). Tingnan ang Natatanging Paksa: Puso sa Marcos 2:6.

**1:20 "kasulatan"** Ito ay isa sa maraming talatang sa NT na naghahayag ng sariling-kapahayagan ng Diyos sa mga kasulatan ng OT at NT (i.e., Banal na Kasulatan).

1. Mateo 5:17-19
2. I taga-Corinto 2:9-13
3. I taga-Thesalonica 2:13
4. II Timoteo

3:16 5. I Pedro

1:23-25

6. II Pedro 1:20-21
7. II Pedro 3:15-16

Ang diwa ng lahat ng ng these ay na Banal na Kasulatan ay mula sa Diyos at ng Diyos, hindi human sa origin. Diyos kinasihang ang mga manunulat (cf. II Pedro 1:20-21) at kanilang mga sulat (cf. II Timoteo 3:16).

▣ **"hindi nagbuhat sa sariling pagpapaliwanag"** Ang pariralang ito tiyak ay naghahayag ng umiiral na pag-iigting na dinulot ng mga bulaang guro sa mga iglesiya. Iyon ay maaari na sila ay sumisipi ng Banal na Kasulatan at kung gayon ay inilalagay ang kanilang sariling haka dito (na karaniwang din ngayon).

Sa konteksto iyon ay mahirap na malaman kung ang pariralang ito ay tumutukoy sa (1) mga manunulat ng OT o (2) ang napapanahong mga bulaang guro. Kung unang opsyon, iyon ay naghahayag ng teolohikong konsepto ng inspirasyon (cf. II Timoteo 3:16). Ang sumusunod na talata ay tila nagpapatibay ng pagpapaliwanag na ito. Kung ang ikalawang opsyon, iyon ay nagpapahayag ng teolohikong konsepto ng iluminasyon o pagbibigay-liwanag (i.e., na ang Espiritu ang gumagaby sa mga mananampalataya sa pagpapaliwanag ng Bibliya).

Iyon ay kailangang maihayag na ang ebanghelikong konsepto ng "pagkasaserdote ng mananampalataya " ay kadalasang nauunawaan bilang kakayahan na ipinag-kaloob ng Espiritu upang maipaliwanag ang Bibliya para sa sarili. Gayunman, sa bibliya, ang parirala ay tumutukoy sa iglesiya bilang kinatawan sa pagsasakatuparan ng Dakilang Komisyon, cf. I Pedro 2:5,9; Pahayag 1:6. Pansining sa ang OT (cf. Exodo 19:6) at ang NT pariralang "ang pagkasaserdote ng mga mananampalataya" ay PANGMARAMIHAN (i.e., pangkabuuan), hindi pansarili.

**1:21 "mga tao na nangaudyokan ng Banal na Espiritu"** Ito sa literal ay "dinala," na isang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA PANDIWARI. Ito ay nagdadagdag ng pagbibigay-diin sa katotohanan na ang Bibliya ay mensahe ng Diyos, hindi isang pantaong mensahe! Iyon ay totoo na ang Bibliya ay sa mga pantaong salita, ngunit ang mga tao ay natatanging ginabayan ng Espiritu. Ang Bibliya ay hindi lubos na katotohanan, dahil sa walang tao ang makakaunawa sa ganitong antas ng katotohanan, ngunit iyon ay mapagkakatiwalaan, sapat na katotohanan tungkol sa Diyos, tungkol sa kasalanan, tungkol sa kaligtasan, tungkol sa maka-Diyos na pamumuhay, at tungkol sa kawalang-hanggan.

Ang tiyak na pamamaraan ng inspirasyon ay nagbabago.

1. mga pagpapakita
2. Urim at Thummin/saparalan
3. mga panaginip
4. mga pangitain
5. kawalang-malay
6. mga anghel
7. mga simbolikong gawa
8. natatanging mga pangyayari at mga pagpapaliwanag

Ang mga taong ay nananatili (1) ang Diyos ba ang nagkakaloob ng nilalaman at ang taong may-akda ng anyo o (2) kapwa ba ipinagkakaloob ng Diyos?

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

4. Ang buhay Kristiyano uma sa lahat ay gawain ng Diyos o gawain natin?
5. Anong bahagi ang ginagalawang ng tao sa kanilang pakikipag-ugnayan sa Diyos?
6. Ang pamumuhay Kristiyano ba ay hiwalay sa kaligtasan?
7. Ang kaligtasan ba may pasubali?
8. Anong bulaang turo ang kinahaharap ni Pedro sa sulat na ito?
6. Ano ang kahalagahan ng mga salita ng Ama sa v. 19?
7. Ano ang sinasabi ng mga talatang 20-21 tungkol sa Bibliya?

# II PEDRO 2

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Mga Bulaang Propeta at Guro | Mga Mapangwasak na Doktrina | Paglaban sa mga Bulaang Guro | Mga Bulaang Guro | Mga Bulaang Guro |
| 2:1-3 | 2:1-3 | 2:1-3 | 2:1-3 | 2:1-3 |
| | Kapamahakan ng Mga Bulaang Guro | | | Mga Aralin ng Nakalipas |
| 2:4-10a | 2:4-11 | 2:4-10a | 2:4-10a | 2:4-10a |
| | | | | Ang Kaparusahang Darating |
| 2:10b-16 | | 2:10b-16 | 2:10b-16 | 2:10b-12 |
| | Kasamaan ng mga Bulaang Guro | | | |
| | 2:12-17 | | | |
| | | | | 2:13-16 |
| 2:17-22 | | 2:17-22 | 2:17-22 | 2:17-22 |
| | Mga Pandarayan ng mga Bulaang Guro | | | |
| | 2:18-22 | | | |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito ay isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng pagpapaliwanag. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata
2. Pangalawang talata
3. Pangatlong talata
4. Atbp.

### MGA KAUNAWAANG KONTEKSTWAL SA II PEDRO 2:1-22

A. Ang bahaging ito ay kaagapay ng aklat ni Hudas. Mayroong pampanitikang panghihiram, ngunit iyon ay hindi maliwanag kung sino ang nanghiram kanino. Iyon ay maaaring binabanggit ni Hudas ang propesiya ni Pedro dahil pagkatapos ng kaniyang kamatayan, iyon ay naganap (NET Bible).

B. Ang mga ito mga bulaang guro ay tila isang *antinomian*, mga nagsisimulang Nostiko na may napakaunlad na anghelohiya (na maaaring nagpapakilala ng isang Persyanong impluwensiya; cf. I Timoteo 6:3-5). Ang lahat ng mga tala sa OT na binanggit ay isinama ang mga anghel sa ilang paraan.

C. Si Pedro ay kumuha mula sa karaniwang kaalaman ng kaniyang araw (mga tala sa OT; I Enoch; mga paganong pinanggagalingan).

D. Ang Bibliya ay lubhang my kalabuan sa pinagmulan, pagbagsak at ang mga gawain ng maka-anghel na mundo.

Huwag hayaan ang iyong pagkamausisa na lumagpas sa impormasyon na ipinagkaloob ng Diyos (i.e., mga makabagong nobela).

E. Mayroong isang pinahahabang tala ng mga katangian ang mga bulaang guro
   1. palihim na pinapakilala ang mga mapangwasak ng mga hidwang katuruan (v. 1)
   2. itinatanggi ang Panginoon (v. 1)
   3. sumusunod na kahalayan (v. 2)
   4. naging ganid (v. 3)
   5. hinahamak ang awtoridad (v. 10)
   6. kumikilos na tulad ng mga hayop (v. 12)
   7. naghahanap ng kaaliwan (v. 13)
   8. minamasama ang mga Kristiyanong pista ng pag-ibig (v. 13)
   9. nagdudulot sa mga mahihinang mananampalataya sa kasalanan (v. 14)
   10. nangangako ng kalayaan, ngunit sila ay mga alipin (v. 19).

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2:1-3

**[1]Ngunit may nagsilitaw din naman sa bayan na mga bulaang propeta, na gaya naman sa inyo ay magkakaroon ng mga bulaang guro, na mangagpapasok sa lihim ng mga makakapahamak na mga hiduwang pananampalataya, na itatatuwa pati ang Panginoon na bumili sa kanila, na mangagtataglay sa kanilang sarili ng madaling pagkapahamak. [2]At maraming magsisisunod sa kanilang mga gawang mahahalay; na dahil sa kanila ay pagsasalitaan ng masama ang daan ng katotohanan. [3]At sa kasakiman sa mga pakunwaring salita ay ipangangalakal kayo: na ang hatol nga sa kanila mula nang una ay hindi nagluluwat, at ang kanilang kapahamakan ay hindi nagugupiling.**

**2:1 “mga bulaang propeta”** Ang mga tunay na propeta ay tinalakay sa 1:19-21. Binabanggit ng OT ang mga bulaang propeta nang kadalasan (cf. Deuteronomyo 13:1-5, 18:19-22; I Kings 18:19, 22:6ff; Jeremias 5:3, 23:9-18), gaya ng sa NT (cf. Mateo 7:15; 24:11,24; Marcos 13:22; Lucas 6:26; Mga Gawa 13:6; II Pedro 2:1; I Juan 4:1; Pahayag 16:13; 19:20; 20:10). Tingnan ang Natatanging Paksa: Apostasya sa II Pedro 1:10.

▣ **“may nagsilitaw din naman sa bayan”** Ito ay tumutukoy sa bayan ng Diyos sa OT. Pansining ang pagkakaagapay sa pagitan ng unang dalawang sugnay (inuulit na “sa gitna ng”). Pansining ang mga bulaang propeta ay nagmula sa gitna ng bayan ng Diyos, at hindi mula sa labas.

▣ **“mga bulaang guro”** Ang mga palatandaan sa kabanata 2 ay nagpapakita na ang mga ito ay mga nagsisimulang Nostiko. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Nostiko sa I Pedro 3:22.

▣ **“mangagpapasok sa lihim”** Ang tambalang ito na *para* at *eisagō* ay may kahulugang “bumuntot sa tabi” (cf. taga-Galacia 2:4 at Hudas talatang 4).

▣ **“mga makakapahamak na mga hiduwang pananampalataya”** Ang terminong “mga hidwang pananampalataya” (mga pagkakahati-hati) ay ginamit sa tatlong paraan sa NT.
   1. bilang isang pang-relihiyong sekta o pangkat (cf. Mga Gawa 24:14; 26:5)
   2. bilang pagkakahati-hati sa loob ng Kristiyanismo (cf. I taga-Corinto 11:19)
   3. bilang mga katuruan na salungat sa *orthodoxy*

Sila ay kadalasang isang paghahalo ng katotohanan at kamalian. Kadalasan, pinapalaki nila ang ilang katotohanan sa pag-aalis ng iba pang biblikal na katotohanan o isang kabuktutan kaugnay na Kristolohiya. Ang hidwang pananampalataya ay palaging nagmumula sa loob ng Kristiyanong pakikisama (cf. Mateo 7:15-23, 24:24; I Timoteo 4:1-5; I Juan 2:18-25). Isang paglalarawan ng kanilang mga pagkilos ay makikita sa (1) Mga Kaunawaang Kontekstwal E. at (2) taga-Galacia 5:19.

▣ **“itatatuwa pati ang Panginoon”** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG (deponent) PANDIWARI, na nagpapahayag ng nagpapatuloy na personal na pagtanggi kay Kristo ng mga bulaang guro. Ito ay tumutukoy sa alinman sa pagtanggi kay Hesus (1) sa pamamagitan ng teolohiya o (2) pamumuhay (cf. Hudas 4). Ito ay una sa apat na mga naglalarawang parirala (vv. 1-3) tungkol sa mga bulaang guro itinatanggi ang Panginoon sa pamamagitan ng
   1. kanilang mga pagkilos at mga paniniwala
   2. kanilang imoral na paraan
   3. kanilang kasakiman
   4. kanilang pandaraya sa sarili

Ang titulong “panginoon” ay ang terminong *despotēs*, na nangangahulugang “panginoon” o “amo.” Iyon ay ginamit sa

mga may-ari ng alipin (cf. I Timoteo 6:1,2; Tito 2:9; I Pedro 2:18).

Iyon ay nakakawiling makita na ang terminong "panginoon" ay karaniwang ginagamit para sa Diyos Ama (cf. Lucas 2:29; Mga Gawa 4:24 [sinisipi ang LXX ng Exodo 20:11 o Mga Awit 146:6]). Gayunman, iyon din ay ginamit kay Kristo (cf. II Timoteo 2:21; Hudas 4; Pahayag 6:10). Dito, isa pang titulo ng Ama ang inilipat sa Anak upang bigyang-diin Kaniyang pagka-Diyos.

▣ **"na bumili sa kanila"** Ito ay isang AORIST GANAP NA PANDIWARI. Ito ay tila, tulad ng vv. 20-22, na nagpapahiwatig na sila ay minsang naligtas, ngunit hindi na ngayon! Ito ay isang sanggunian sa (1) pagliligtas ni YHWH sa Kaniyang bayan sa ang OT o (2) ang pagkatubusang gawain ni Kristo sa NT (cf. Marcos 10:45; Mga Gawa 20:28; I taga-Corinto 6:20; taga-Efeso 1:7; I Timoteo 2:6; Mga Hebreo 2:9; I Pedro 1:19; I Juan 2:2; Pahayag 5:9). Sa OT, ang bilhin pabalik ng isang tao mula sa pagkaalipin (i.e., pantubos o tinubos) ay tumutukoy sa pisikal na pagpapalaya. Kadalasan sa NT iyon ay tumutukoy sa kaligtasan. Sa OT, sa pagbili sa isang tao sa mga kamay ng kanilang mga kaaway ay tumutukoy sa kahatulan.

Ang NJB ay may nakakawiling salin "na tinubos ang kanilang kalayaa." Tila nakita nila ang konteksto (vv. 2-3) bilang nauugnay sa mga mananampalataya na namumuhay ng di-makadiyos na buhay at nagdadala ng kasiraan kay Kristo at Kristiyanismo. Kung gayon, ito ay tumutukoy sa mga mananampalataya na namatay nang maaga dahil sa kanilang di-makadiyos na pamumuhay at mapangwasak na impluwensiya.

▣ **"mangagtataglay sa kanilang sarili ng madaling pagkapahamak"** Walang mananampalataya ng unang siglo ang magtatanong ng ganitong katanungan, ngunit ang mga makabagong mananampalataya ay iniisip ito nang madalas, lalo na ang kaugnay na sa kung paano ang kanilang pangkat tinitingnan ang katiyakan! Ang ilang ay inuugnay ang parirala kay "YHWH" o "ang bayan," na kung gayon ay tumutukoy sa Exodo (i.e., Mga Paglalagalag sa Ilang).

Ang tunay na tanong ay, "Ang mga erehe ba ay tunay na ligtas?" Naniniwala ako na ang mga biblikal na doktrina ay pinagkaloob sa dyalektiko o kabalintunaang mga tambalan, na katangiang ng Silangang panitikan. Sa mga makabagong kanluranin mambabasa at mga tagapagpaliwanag ay may pagkiling na imungkahi at itanggal sa konteksto ang mga talata. Aking tiyak na pinaninindigan ang seguridad ng mananampalataya, ngunit ako ay mas higit na hindi mapalagay sa "minsang naligtas, ay palaging ligtas" dahil sa mga talatang tulad nito. Ang seguridad ay pinapatunaya ng (hindi batay sa) maka-Diyos na pamumuhay (cf. Santiago at I Juan). Ang mga mananampalataya nakikihamok at nagkakasala, ngunit sila ay nagpapatuloy sa pagtitiwala kay Kristo at tumutugon (minsan ay dahan-dahan) sa pagtatama ng Banal na Espiritu.

Gayunman, ang Parabula ng mga Lupa (cf. Mateo 13) at ang aktibo, ngunit naligaw na relihiyoso ng Mateo 7:15-27, ay tumitiyak sa akin na may imiiral na mga bulaang paghahayag ng pananampalataya (cf. vv. 20-22; I Juan 2:18-19).

Ang mga bulaang guro ay nagdulot at patuloy na nagdudulot ng malaking kaguluhan sa iglesiya. Sa I Juan mayroong maraming pagsubok para sa tunay na mga mananampalataya.

1. pagpayag na aminin ang kasalanan (1:5; 2:22)
2. pamumuhay ng pagsunod (2:3-6)
3. pamumuhay ng pag-ibig (2:7-11)
4. tagumpay laban sa kasamaan (2:12-14)
5. pagtalikod sa mundo (2:15-17)
6. pagtitiis (2:19)
7. doktrina (2:20-24)

Si Pedro ay nagtala din ng mga di-nararapat na pagkilos ng mga ganitong bulaang guro (tingnan ang Mga Kaunawaang Kontekstwal, E). Kung iyon ay tunay na ang ebanghelyo ay isang (1) persona; (2) isang mensahe tungkol sa persona; at (3) isang pamumuhay na tinutularan ang persona, kung gayon ang mga bulaang gurong ito ay linalabag ang lahat ng tatlo.

Maaari ba na ang isang tao ay "tubusin" ni Hesus at itatanggi si Hesus? Ito ay ang suliranin. Ang kaligtasan ay walang-bayad at para sa lahat na tutugon sa pagsisisi ng kasalanan, pananampalataya, pagsunod, at pagtitiis. Ngunit, ang paglago ay isang pagiging alagad na halaga-lahat ng bagay. Kailangan nating tanganan nang mahigpit ang kapwa mga biblikal na mga katotohanang ito. Ang doktrina ay galing sa mga tambalang puno ng pag-iigting dahil ang Kristiyanismo ay hindi lamang isang biblikal na teolohiya (cf. taga-Roma 6), ngunit isang pang-araw-araw na pakikibaka (cf. taga-Roma 7) para sa kabanalan. Ang kaligtasan ay isang pakikipag-ugnayan, hindi isang nahiwalay na kapasyahan!

**2:2 "maraming magsisisunod"** Oh, ang trahedya ng pamumuno upang maligaw ang iba (cf. Mateo 18:6-7). Madalas na ginagamit ni Pedro ang ganitong tambalang termino (cf. 1:16; 2:2,15,21; Mateo 18:6).

▣

**NASB "kanilang mga gawang mahahalay"**
**NKJV "kanilang mga paraang mapangwasak"**
**NRSV "kanilang mga paraang walang pagpipigil"**
**TEV "kanilang mga imoral na paraan"**
**NJB "kanilang masamang pag-uugali"**

Ang terminong *aselgeia* ay maaaring isinalin na "kahalayan," "kawalang-habas," o "senswalidad," na nagpapahiwatig

na walang pagpipigil na mga sekswal na gawain (cf. 2:2,7,18; I Pedro 4:3; Hudas 4). Iyon ay kadalasang isinasama sa naitalang mga kasalanan ng pagano lipunan (cf. taga-Roma 13:13; I taga-Corinto 12:21; taga-Galacia 5:19).

▣ **"dahil sa kanila ay pagsasalitaan ng masama ang daan ng katotohanan"** Iyon ay napakahalaga kung papaano mamuhay ang mga mananampalataya. Sila ay nagpapakilala ng mga pampamilyang katangian ng Diyos (i.e., pananampalataya kay Hesus restores ang larawan ng Diyos sa sangkatauhan, cf. I Timoteo 6:1; Tito 2:5).

▣ **"ang daan ng katotohanan"** "Ang Daan" ay ang sinaunang pangalang ginamit para sa mga Kristiyano (cf. Mga Gawa 9:2; 18:25-26; 19:9,23; 22:4; 24:14,22). Iyon ay nagpapakilala ang OT konsepto ng biblikal na pananampalataya bilang isang maliwanag na tinandaang landas na kailangan nating sundan (cf. Mga Awit 119:105; Kawikaan 6:23). Ang pariralang ito ay tumutukoy sa ebanghelyong mensahe. Maliwanag na ang isang maka-Diyos na pamumuhay ay isang mahalagang aspeto ng kaligtasan (taga-Efeso 1:4; 2:10).

▣ **"pagsasalitaan ng masama"** Ang mga pagano ay mali ang pagkaunawa sa mga mananampalataya at pinaparatangan sila ng mga imoral na gawain. Ang mga buhay ng mga bulaang gurong ito ay nagdadagdag sa mga maling pagkaunawa.

**2:3 "sa kasakiman"** Ang terminong ito ay may isang negatibo kahulugan sa kapwa ang Septuagint at ang NT. Ang mga bulaang guro ay makikilala sa pamamagitang ng pagnanais ng mas higit pa sa anumang halaga (cf. 2:14; Mikas 3:11; I Timoteo 6:5; Tito 1:11; Hudas 16). Ang terminong ito ay madalas na ginagamit sa NT (cf. Marcos 7:22; Lucas 12:15; taga-Roma 1:29; II taga-Corinto 9:5; taga-Efeso 5:3; taga-Colosas 3:5; I taga-Thesalonica 2:5; II Pedro 2:3,14) dahil iyon ay nagpapakilala ng makasariling kalikasan ng nalugmok na sangkatauhan. Ito ay tumutukoy sa kasakiman sa pananalapi, sekswal na kasakiman, o mga lugar ng karangalan (i.e., mga guro) sa loob ng mga iglesiya.

▣ **"ipangangalakal kayo"** Ang King Santiago Version ay may "gawing kalakal ninyo." Nakuha natin ang Ingles na salitang "emporium" mula sa Griyegong salitang ito.

▣
**NASB "sa mga pakunwaring salita"**
**NKJV, NRSV "mga mapanlinlang na salita"**
**NJB "di-totoong mga kuwento"**

Ang PANG-URI ay ipinapakilala ng hinubog o ginawa (cf. taga-Roma 9:20). Nakuha natin ang Ingles na salitang "plastic" mula sa Griyegong terminong ito. Ang mga bulaang guro ay nagdulot ng mga suliranin sa loob ng nananampalatayang komunidad at sa lipunan. Ang kanilang mga buhay ay nagdadala ng kahihiya sa ebanghelyo at ang kanilang mga kasinungalian ay pinipilipit ang mensahe ng ebanghelyo.

▣ **"ang hatol sa kanila"** Palaging mayroong mga bulaang guro sa gitna ng bayan ng Diyos. Sila ay sinusumpa sa OT (cf. Deuteronomyo 13:1-5,6-11,12-18). Ang kanilang panandalian, gayundin ang eskatolohikong kahatulan ay tiyak at hindi naantala (cf. taga-Galacia 6:7). Sa tekstong ito, kapwa "kahatulan" at "pagkawasak" ay kinakatawan.

Ito ay isang espirituwal na prinsipyo. Ang Diyos ay etikal-moral at gayundin ang Kaniyang nilikha. Nilabag ng mga tao ang mga pamantayan ng Diyos sa kanilang sarili. Aanihin natin kung ano ang ating tinanim. Ito ay tunay na para sa mga mananampalataya (ngunit does hindi affect kaligtasan) at mga di-mananampalataya (cf. Job 34:11; Mga Awit 28:4; 62:12; Kawikaan 24:12; Eccl. 12:14; Jeremias 17:10; 32:19; Mateo 16:27; 25:31-46; taga-Roma 2:6; 14:12; I taga-Corinto 3:8; taga-Galacia 6:7-10; II Timoteo 4:14; I Pedro 1:17; Pahayag 2:23; 20:12; 22:12).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2:4-10a

**[4]Sapagkat kung ang Diyos ay hindi nagpatawad sa mga anghel nang mangagkasala ang mga yaon, kundi sila ay ibinulid sa impiyerno, at kinulong sa mga hukay ng kadiliman, upang ilaan sa paghuhukom; [5]At ang dating sanglibutan ay hindi pinatawad, datapuwat iningatan si Noe na tagapangaral ng katuwiran na kasama ng ibang pito pa, noong dalhin ang pagkagunaw sa sanglibutan ng masasama; [6]At pinarusahan niya ng pagkalipol ang mga bayan ng Sodoma at Gomorra na pinapaging abo, nang maging halimbawa sa mga magsisipamuhay na masama: [7]At iniligtas ang matuwid na si Lot, na lubhang nahahapis sa mahahalay na pamumuhay ng masasama: [8](Sapagkat ang matuwid na ito na namamayang kasama nila, ay lubhang nahapis araw-araw ang kaniyang matuwid na kaluluwa sa pagkakita at pagkarinig niya, ng mga gawa nilang laban sa kautusan): [9]Ang Panginoon ay marunong magligtas ng mga banal, sa tukso at maglaan ng mga di matuwid sa ilalim ng kaparusahan hanggang sa araw ng paghuhukom; [10a]Datapuwat lalong-lalo na ng mga nagsisilakad ng ayon sa laman sa masamang pita ng karumihan, at nangapopoot sa pagkasakop.**

**2:4 "kung"** Ito ay isang UNANG URING MAY PASUBALI na kadalasang ipinagpapalagay na tunay na mula sa pananaw ng may-akda o para sa kaniyang pampanitikang mga layunin. Ito ay nagsisimula isang pinahahabang pangungusap na inihayag hanggang talatang 10a. Iyon ay maaari na ang may pasubaling huwaran ay kailangang ulitin sa ganitong

mahaba, kabilang na Griyegong pangungusap. Ang NRSV ay may isang "kung" sa vv. 4,5,6,7; ang NIV ay may isang "kung" sa vv. 4,5,6,7,9, ngunit iyon ay tanging makikita sa Griyegong teksto sa v. 4. Ang kontekstong ito ay inilalarawan ang isang kalipunan ng mga kahatulan sa OT na kinasasangkutan ng mga anghel.

▣ **"mga anghel nang mangagkasala"** Ito ay kaagapay sa Hudas v. 6. Ang sumusunod na mga tala sa mula sa aking komentaryo sa Santiago at Hudas (tomo 11).

**Mga tala mula sa Komentaryo sa Hudas**

**Hudas v. 6 "At ang mga anghel na hindi nangagingat ng kanilang sariling pamunuan, kundi iniwan ang kanilang sariling tahanan, ay iniingatan niya sa mga tanikalang walang hanggan sa paghuhukom sa dakilang araw"** Ang Sodoma at Gomora, sa katulad na paraan gaya ng mga anghel na ito, ay nagpakasawa sa garapal na imoralidad at naghanap ng mga di-karaniwang strange laman. Kapwa ay pinapakita bilang mga halimbawa ng nagpapatuloy na kaparusahan ng walang-hangang apoy.

**Hudas v. 6 "at mga anghel"** Ang talatang ito ay nagdadagdag ng mga anghel sa kaniyang tala sa kanila na sumamba noong una at pagkatapos ay naghimagsik laban kay YHWH at samakatuwid, ay nawasak o nahatulan. Ngunit sinong mga anghel? Ang ilang impormasyon ay binigay upang ilarawan ang ganitong tiyak na pangkat ng mga anghel:

1. hindi nila iningalan ang kanilang sariling pamunuan
2. iniwan nila ang kanilang tamang tirahan
12. sila ay pananatilihin sa mga walang-hangang tanikala sa ilalim ng kadiliman hanggang sa araw ng kahatulan
13. "nagkasala" (II Pedro 2:4)
14. "itinalaga sila sa *Tartarus*" (II Pedro 2:4)
15. "itinalaga sila sa mga balon ng kadiliman na nakalaan para sa kahatulan" (II Pedro 2:4)

Anong mga anghel sa OT ang naghimagsik at nagkasala?

1. mga anghel bilang mga kapangyarihan sa likod ng paganong pagsamba
2. ang mga mas mababang pang-anghel na nilalang, tinatawag sa tiyak na mga pangdemonyong pangalan sa OT. Mga halimbawa: Lilith (cf. Isaias 34:14), Azazel (cf. Levitico 16:8), at mga demonyong kambing (cf. Levitico 17:7)
3. ang "mga anak ng Diyos" sa Genesis 6 (kadalasang tinatalakay sa mga intertestamental apokaliptikong sulat, I Enoch 86-88; 106; II Enoch 7,18; II Baruch 56; Jubilees 5)
4. mga anghel na binanggit sa isang halimbawa mula sa isang Hudyong apokaliptikong intertestamental na sulat (dahil sa paggamit ni Hudas ng iba pang mga aklat ng uring ito sa vv. 9 at 14)

▣

**NASB "na hindi nangagingat ng kanilang sariling pamunuan"**
**NKJV "na hindi nag-iingat ng kanilang wastong pamumuno"**
**NRSV "na hindi iningatan ang sariling posisyon"**
**TEV "na hindi nanatili sa hangganan ng kanilang tamang pamumuno"**
**NJB "na hindi nag-ingat sa awtoridad na taglay nanila"**

Mayroong isang paglalaro sa panahunan ng PANDIWANG "nag-iingat" sa v. 6. Ang mga anghel ay hindi iningat ang kanilang lugar (AORIST GANAP NA PANDIWARI) kaya inilagay sila ng Diyos a isang lugar ng pagkabilanggo hanggang sa araw ng kahatulan (GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG). Silang mga anghel na lumabag sa kalooban ng Diyos ay kakaharap sa kapwa panandalian at eskatolohikong kahatulan, tulad ng mga rebelde ng Israel sa panahon ng paglalagalag sa ilang at ang mga naninirahan sa Sodoma at Gomora.

Ang terminong "pamunuan" ay ang Griyegong termino *archē*, na nangangahulugang ang "pasimula" o "pinagmula" ng anumang bagay.

1. pasimula ng nilikhang kaayusan (cf. Juan 1:1; I Juan 1:1)
2. ang pasimula ng ebanghelyo (cf. Marcos 1:1; taga-Filipos 4:15)
3. unang mga saksi (cf. Lucas 1:2)
4. pasimula ng mga tanda (mga himala, cf. Juan 2:11)
5. pasimulang mga prinsipyo (cf. Mga Hebreo 5:12)
6. pasimulang katiyakan/paniniwala (cf. Mga Hebreo 3:14)

Iyon ay ginamit sa "pamumuno" o "awtoridad"

1. ng mga pantaong opisyal ng pamahalaan
   a. Lucas 12:11
   b. Lucas 20:20
   c. taga-Roma 13:3; Tito 3:1
2. ng pang-anghel na mga awtoridad
   a. taga-Roma 8:38
   b. I taga-Corinto 15:24
   c. taga-Efeso 1:21; 3:10; 6:10
   d. taga-Colosas 1:16; 2:10,15

Ang mga ito mga bulaang guro hinahamak ang lahat ng awtoridad, sa mundo at sa langit. Sila ay mga walang-kautusang ganid sa laman. Inilagay nila ang kanilang mga sarili at kanilang mga pagnanasa muna bago sa Diyos, mga anghel, sibil na mga awtoridad, at iglesiya mga pinuno.

▣
**NASB "kundi iniwan ang kanilang sariling tahanan"**
**NKJV "ngunit iniwan kanilang sariling tirahan"**
**NRSV "ngunit iniwan ang kanilang wastong tahanan"**
**TEV "ngunit linisan ang kanilang sariling lugar na panirahan"**
**NJB "ngunit iniwan ang kanilang tinatagang sakop"**

Ang mga anghel na ito ay iniwan ang kanilang makalangit na kalagayan at pumunta sa iba (mundo). Ito umaakma ang pang-anghel na pagpapaliwanag ng Genesis 6:1-4 nang mahusay. Ang pagkilos na ito ay isang kusang pagtanggi sa kalooban at awtoridad ng Diyos.

▣ **"mga tanikalang walang hanggan"** Ang mga tanikala ay ginamit sa mga anghel sa I Enoch at si Satanas ay nakagapos sa isang "dakilang tanikala" sa Pahayag 20:1-2. Ang terminong "walang-hangan" ay nangangahulugang "makapangyarihan," "sapat," "tiyak," hindi literal na walang-hangan, dahil ang mga anghel na ito ay tanging ikukulong hanggang sa Araw ng Kahatulan, na iba pang kaparaanan ng pagbibilanggo ang gagamitin (cf. Pahayag 20:10,14-15). Ang punto ay, ilang mga anghel ay mabibilanggo ngayon, gayundin ang pamamahala ng kanilang mga masamang gawain.

▣ **"sa ilalim ng kadiliman"** Ang terminong *Tartarus* (hindi ginamit sa Hudas ngunit makikita sa II Pedro 2:4 at I Enoch 20:2) ay ginamit sa Griyegong mitolohiya para sa pinagtitipunang lugar ng mga Titano, ang kalahating diyos, kalahating taong mga higante. Umaakma ito sa pang-anghel na pagpapaliwanag ng Genesis 6. Ang I Enoch ay naglalarawan ang bagong lugar sa mga mapaghimagsik na mga anghel (cf. I Enoch 10:5,12) gayan ng walang-hangang kadiliman. Gaano kaiba mula sa panglangit na kaningningan (kaluwalhatian). Ang mga rabbi ay hinati ang *Sheol* sa "Paraisa" (para sa matuwid) at *Tartarus* (para sa masasama). Ang terminong "kalaliman" (cf. Lucas 8:3, Pahayag 9:1; 11:7; 20:3) ay kasingkahulugan ng mga talinghaga ng kadiliman na ginamit sa talatang 13b.

▣ **"sa dakilang araw"** Ito ay isa pang paraan upang tumutukoy sa Araw ng Kahatulan, ang araw na tatanganan ng Diyos ang lahat ng may diwang nilalang na may pananagutan para sa kaloob ng buhay (cf. taga-Filipos 2:10-11; Isaias 45:23; taga-Roma 14:10-12).

## NATATANGING PAKSA: "ANG MGA ANAK NA LALAKE NG DIYOS" sa Genesis 6 (The Sons of God in Genesis 6)

A. Mayroong matinding pagtatalo patungkol sa pagkilala sa pariralang "ang mga anak na lalake ng Diyos." Mayroong naging tatlong pangunahing mga pagpapaliwanag
   1. ang parirala ay tumutukoy sa makadiyos na lahi ni Seth (cf. Genesis 5, tignan puna sa 4:14)
   2. ang parirala ay tumutukoy sa isang grupo ng malaanghel na mga nilikha
   3. ang parirala ay tumutukoy sa mga hari o punong manunupil sa lahi ni Cain (cf. Genesis 4)

B. Katibayan para sa parirala na tumutukoy sa lahi ni Seth
   1. Ang kagyat na panitikang konteksto ng Genesis 4 at 5 ay nagpapakita ng pag-unlad ng mapanghimagsik na lahi ni Cain at ang piniling lahi ni Seth. Samakatuwid, ang kontekstwal na katibayan ay tila pumapabor sa makadiyos na lahi ni Seth
   2. Ang mga rabi ay naghahati-hati patungkol sa pagkakaunawa sa siping ito. Ang ilan ay nagpahayag na ito ay tumutukoy kay Seth (ngunit karamihan ay sa mga anghel).
   3. Ang pangmaramihan na parirala "ang mga anak na lalake ng Diyos," bagamat na madalas na ginamit para sa mala anghel na nilalang, ay madalang na tumutukoy sa mga tao
      a. Deutronomio 14:1 – "mga anak na lalake ni YHWH ang inyong Diyos"
      b. Deutronomio 32:5 – "Kanyang mga anak na lalake"
      c. Exodo 21:6, 22:8-9 (posibleng Levitical na hukom, cf. Awit 82:1)
      d. Awit 73:15 – "Iyong mga anak"
      e. Osea 1:10 – "mga anak na lalake ng buhay na Diyos"

C. Katibayan para sa pariralang tumutukoy sa mala-anghel na nilala
   1. Ito ang naging pinaka-karaniwang tradisyonal na pagkakaunawa sa sipi. Ang mas malaking konteksto ng Genesis ay makakasuporta sa pananaw na ito na isang halimbawa sa supernatural na kasamaan na nagnanais na hadlangan ang kalooban ng Diyos para sa sangkatauhan (ang mga rabi ay nagsabi na bunga ng pagseselos)
   2. ang pangmaramihanng parirala("mga anak na lalake ng Diyos") ay ginamit ng labis labis sa OT para sa mga anghel
      a. Job 1:6
      b. Job 2:1
      c. Job 38:7
      d. Awit 29:1
      e. Awit 89:6,7
   3. ang inter-testamental na aklat ng I Enoch (cf. I Enoch 6:1-8:4; 12:4-6; 19:1-3; 21:1-10) at Jubilees

(cf. Job 5:1), na napakapopular sa mga mananampalataya sa NT na periyod, kasama ng *Genesis Apocryphon* mula sa Dead Sea Scrolls, ay pinapaliwanag ang mga ito bilang mga mapanghimagsik na mga anghel (1 Enoch 12:4; 19:1; 21:1-10).

4. ang kagyat na konteksto ng kabanata 6 ay tila nagpapahiwatig na "ang malalakas na lalake ay yaong mga matatanda, mga kilalang lalake" nagmula sa di-nararapat na paghahalo ng mga ayos ng nilikha.
5. I Enoch ay nagpahayag na ang pagbaha sa panahon ni Noe ay dumating upang wasakin ang malanghel/tao na paghahalo na ito na naging pasaway kay YHWH at sa Kanyang plano para sa nilikha (cf. I Enoch 7:1ff; 15:1ff; 86:1ff)

D. Katibayan para sa pariralang tumutukoy sa mga hari o punong manunupil sa lahi ni Cain
   1. Mayroong ilang mga sinaunang mga salin na sumusuporta sa pananaw na ito
      a. Targum ng Onkelos (ikalawang siglo A.D.) isinasalin ang "mga anak na lalake ng Diyos" bilang "mga anak na lalake ng karangalan"
      b. Symmachus (ikalawang siglo A.D.) Griyegong salin ng OT, isinalin ang "mga anak na lalake ng Diyos" bilang "ang mga anak na lalake ng mga hari"
      c. Ang terminong *"elohim"* ay ginamit sa Israelita na mga pinuno (cf. Exodo 21:6; 22:8; Awit 82:1,6), pansinin NIV at NET Bible)
      d. *Nephilim* (NIDOTTE, tomo 3, p. 130, #5) ay ikinabit sa *Gibborim* sa Geneses 6:4, *Gibborim* ay PANGMARAMIHAN ng *Gibbor* na ang ibig-sabihin ay isang malakas na lalake ng tapang; lakas; kayamanan o kapangyarihan
   2. ang pagpapaliwanag na ito at katibayan nito ay kinuha sa *Hard Sayings of the Bible*, pp. 106-108.

E. Pangkasaysayang katibayan ng mga tagapagtangkilik ng parehong pagkakagamit
   1. ang parirala ay tumutukoy sa mga Sethites
      a. Cyril ng Alexandria
      b. Theodoret
      c. Augustine
      d. Jerome
      e. Calvin
      f. Kyle
      g. Gleason Archer
      h. Watts
   2. ang parirala ay tumutukoy sa mala-anghel na nilalang
      a. Mga manunulat ng Septuagint
      b. Philo
      c. Josephus (*Antiquities* 1:3:1)
      d. Justin Martyr
      e. Tertullian
      f. Origen
      g. Luther
      h. Ewald
      i. Olford
      j. Westermann
      k. Wenham
      l. NET Bible
      m. Ireneo
      n. Clemente of Alexandria
      o. Delitzsch
      p. Hengstenberg

F. Paanong ang mga "Nephilim" ng Genesis 6:4 ay nauugnay sa "mga anak na lalake ng Diyos" at "ang mga anak na babae ng mga tao" ng Genesis 6:1-2? Pansinin ang mga teoryang ito:
   1. Sila ay ang naging mga higante (cf. Bilang 13:33) ng bunga ng pagsasama sa pagitan ng mga anghel at mga babaeng tao.
   2. Wala silang kinalaman sa isat-isa. Sila ay simpleng binanggit bilang nasa mundo sa mga panahon ng mga pangyayari sa Genesis 6:1-2 at gayundin pagkatapos.
   3. R. K. Harrison sa *Panimula sa the Old Testament*, p. 557, ay may sumusunod na misteryosong sipi, "ang magmintis ng lahatan sa napakahalagang antropolohikal na kaalaman sa pagrerelasyon ng *Homo sapiens* at pre-Adamic na mga uri na nilalaman ng sipi, at siyang palasunod doon sa mga eskolar na may kakahayang tugisin sila."

      Ito ay pagpapahiwatig para sa akin na nakikita niya ang dalawang pangkat na ito bilang mga kumakatawan sa magkaibang mga grupo ng humanoids. Ito ay maaring magpahiwatig na isang kahulihan ay isang espesyal na paglikha kina Adan at Eba, ngunit siya ring ebolusyonaryong pag-unlad ng *Homo erectus*.

G. Makatarungan lamang na ilabas ang aking sariling pagkakaunawa sa kontrobersyal na tekstong ito. Una, nais kong paalahanan tayong lahat na ang teksto sa Genesis ay maikli at may kalabuan. Ang unang tagapakinig ni Moises ay dapat na mayroong karagdagang historikal na kabatiran o si Moises ay gumamit ng pasalita o isinulat na tradisyon mula sa Patriyarkal na periyod na siya mismo ay hindi lubusang naunawaan. Ang isyung ito ay hindi isang krusyal na teolohikong paksa. Tayo ay madalas na mausisa patungkol sa mga bagay na tanging ang Kasulatan lamang ang nagparamdam ngunit may mga kalabuan. Napakasaklap na magtayo ng pinahahabang teolohiya mula dito at sa mga kahawig na kaputol ng biblikal na impormasyon. Kung kailangan nating ang impormasyon na ito ang Diyos ay magtutustos ng isang mas malinaw at kompletong anyo. Ako ay personal na naniniwala ito ay mga anghel at mga tao sapagkat:
   1. Ang di-nagbabago, ngunit hindi eksklusibo, na paggamit sa pariralang "mga anak na lalake ng Diyos"

para sa mga anghel sa OT

2. Ang Septuagint (Alexandrian) ay isinalit (huling unang siglo B.C.) "mga anak na lalake ng Diyos" bilang "mga anghel ng Diyos"
3. Ang pseudepigraphong apokaliptikong aklat ng I Enoch (posibleng naisulat noong 200 B.C.) ay napakapartikular na ito tumutukoy sa mga anghel (cf. mga kabanata 6-7; tingnan din ang Jubilees 4:19)
4. the teolohikong kaugnayan sa II Pedro 2 at Hudas ng mga anghel na nagkasala at hindi napanatili ang kanilang nararapat na kalalagyan.

   Alam ko na ilan sa mga ito ay tila kumukontra sa Mateo 22:30, ngunit ang mga partikular na mga anghel ay hindi alinman sa langit o lupa sa isang epesyal na kulungan (*Tartarus*).
5. Naisip ko na isa sa dahilan ng maraming pangyayari ng Genesis 1-11 ay matatagpuan sa ibang mga kultura (i.e. kaparehong talang paglikha, kaparehong pagbahang mga tala, kaparehong mga tala ng mga anghel sa pagkuha ng mga babae) ay sapagkat lahat mga tao ay magkasama at mayroong kaalaman kay YHWH sa panahon ng periyod na ito, ngunit pagkatapos ng pagpapakalat sa tore ng Babel ang kaalaman na ito ay naging narumihan at nahango sa poliyestikong modelo.

   Isang magandang halimbawa ng Griyegong mitolohiya na ito kung saan kalahating tao/kalahating mas mahigit sa tao na tinawag na Titans ay ikinulong sa Tartarus, ang pinakapangalan na ito ay ginamit lamang ng isang beses sa Bibliya (cf. II Pedro 2) para sa lugar ng pananatili ng mga anghel na hindi napanatili ang kanilang nararapat na kalalagyan. Sa rabinikal na teolohiya ang Hades ay hinati sa isang seksyon para sa mga matuwid (paraiso) at isang seksyon para sa mga masasama (*Tartarus*).

▣
**NASB, NKJV,**
**NRSV, TEV,**
**NIV "impiyerno"**
**NJB "ang ilalim ng lupa"**
**Weymouth "Tartarus"**

Tingnan ang tala sa itaas sa "sa ilalim ng kadiliman" sa mga tala ng Hudas v. 6.

▣ **"mga hukay ng kadiliman"** Ang terminong *sirois* ay matatagpuan sa mga sinaunang Griyegong unsyanong manuskrito na א, A, B, at C. Ang King James Version ay may "mga tanikala" (*seirais*), na katulad sa kahulugan ng salitang "gapos" (*demois*) sa Hudas 6, na matatagpuan sa sinaunang papyri na manuskrito P[72], na maihahambing din sa I Enoch 10:12, ).

**2:5 "At ang dating sanglibutan ay hindi pinatawad"** Ito ay tumutukoy sa kahatulan ng Diyos sa kasamaan ng sangkatauhan (cf. Genesis 6:5,11-12,13; 8:21b). Ang kahatulang ito sa pamamagitan ng tubig ay naglalarawan sa Genesis 6-9. Ang katulad na pangyayaring binanggit sa I Pedro 3:18-22.

▣ **"Noe"** Isang lalaki at kaniyang pamilya "ay nakatagpo ng pagpapala sa mga mata ng Panginoon" (i.e., Noe, cf. Genesis 6:8-9,18). Ang pangyayaring ito ay inilalarawan din ni Josephus, *Antiquities of the Jews* 1.3.1; I Clemente 7.6, 9.4; at ang Sibylline Oracles 1.128).

▣ **"isang preacher ng katuwiran"** Ang OT ay hindi binabanggit ang pangangaral ni Noe, ngunit ang rabinikong tradisyon ay tiyak na sinasabi (cf. Jubilee 7:20-29; Sibylline Oracles 1.128-129).

▣ **"ang pagkagunaw"** Mula sa Griyegong salitang ito nagmula ang Ingles na salitang "*cataclysm*." Ayon sa I Enoch, ito ay kahatulan ng Diyos sa mga magkakahalong lahi ng tao/pang-anghel na sekswal na pakikipag-ugnayan ng Genesis 6:1-4.

**2:6 "Sodoma at Gomora"** Ang pagkawasak ng mga makasalang lungsod ay inilalarawan sa Genesis 19:24-28. Ang mga anghel ay ang kaparaanan na makatakas si Lot at kaniyang pamilya at, sa pagpapahiwatig, sila ay kasama sa pagkawasak ng mga lungsod na ito sa kapatagan.

Ito ay kaagapay sa Hudas v. 7. Iyon ay tila si Noe ay isang halimbawa ng kahatulan sa tubig at ang Sodoma at Gomora isang halimbawa ng kahatulan sa apoy.

Aking isinaman ang mga sumusunod na tala mula sa aking komentaryo sa Hudas v. 7

**Mga tala mula sa Komentaryo ng Hudas**

**v. 7 "Sodoma at Gomora"** Ito ay ang ikatlong halimbawa ng paghihimagsik na kinapapaloban ng sekswal na mga gawain sa labas ng

inihayag na plano ng Diyos sa pag-aasawa:

1. ang Cananeong pagpapayabong na pagsamba sa Shittim (cf. Mga Bilang 25)
2. ang pagtatangka ng mga anghel na haluin ang mga kaayusan ng paglalang (cf. Genesis 6:1-4; II Pedro 2:4)
3. ang homosexual na gawain ng Sodoma at Gomora patungo sa mga anghel (cf. Genesis 19; II Pedro 2:6)

▣ **"at ang mga bayang nasa palibot ng mga ito"** Ang mga lungsod na ito ay nakatala ang mga pangalan sa Deuteronomyo 29:23.

▣ **"gayon ding paraan"** Ito ay isang ACCUSATIVE na nauugnay sa panggramatika sa mga anghel (cf. v. 6), hindi "ang mga nakapalibot na bayan." Iyon ay haka-hakang na ginamit ni Hudas ang mga paglalarawan sa OT dahil habang ang mga anghel ay kumuha ng kababaihan sa Genesis 6, kaya dito, ang tao ay sinubukang kumuha ng mga anghel (cf. Genesis 18:22; 19:1). Kung gayon, ito ay isa pang halimbawa ng pagtatangka sa paghahalo ng mga kaayusan ng paglalang. Gayunman, para sa akin, iyon ay tila ang mga naninirahan sa Sodoma na hindi nalalaman na ang mga ito ay anghel ant iniisip na sila ay mga lalaki (cf. Genesis 18:22).

▣ **"sa pakikiapid at sa pagsunod sa ibang laman"** Ito ay sanggunian sa "ibang uri ng (*heteros*) laman." Ito ay tila na uugnay sa kapwa mga anghel at kababaihan ayon kay Josephus sa *Antiquities of the Jews* 1:3:1 at (2) ang homosexuality (cf. taga-Roma 1:26-27) na lubhang labanap sa lugar ng Sodoma.

▣ **"ay inilagay na pinakahalimbawa, na sila'y nagbabata ng parusang apoy na walang hanggan"** Ginagamit ni Hudas ang mga halimbawang ito sa OT bilang isang maliwanag na babala sa kaniyang mga mambabasa. Mag-ingat sa sekswal na pang-aabusa ng sinuman.

Ang NT ay maliwanag na nagpapahayag ng walang-hangang kaparusahan (cf. Mateo 25:41,46; II taga-Thesalonica 2:8-9; Pahayag 19:20; 20:11,14-15; 21:28; at gayundin ang I Enoch 54:1). Ang paksang ito ay mahirap na talakayin dahil ang Bibliya ay hindi nagbibigay nang maraming impormasyon tungkol sa langit o impyerno. Ito ay nagpapatibay ng kanilang katotohanan, ngunit hindi inihahayag ang tiyak na impormasyon, kadalasang naglalarawan sa kanila sa matalinghagang wika. Si Hesus ay gumagamit ng "lambak ng mga anak ng Hinnom," na sa timog lamang ng Herusalem at ginamit ng mga Israelita sa ilalim ni Manasseh para sa pagsamba kay Molech, ang Cananeong apoy na iyos na humihingi ng alay na bata. Ang mga Hudyo, dahil sa kahihiyan at pagsisisi para sa kanilang sariling pakikilahok sa mga ritwal na pagpapayabong, ay ginawa ang lokalidad na ito bilang tapunan ng basura para sa Herusalem. Ang mga talinghaga ni Heus sa apoy, usok, at uod ay nagmula sa lugar na ito, ang Gehenna.

Ang lugar na ito ng paghihirap at hindi ginawa para sa sangkatauhan, ngunit sa mga mapanghimagsik na anghel (cf. Mateo 25:41). Ang mga demony sa lahat ng mga antas ay tatanggalin at ihihiwalay mula sa paglalang ng Diyos. Ang impiyerno ay ang paraan ng Bibliya upang ilarawan ang ganitong palagiang paghahati.

Bago ko iwan ang paksang ito, nais kong ipahayag ang aking paghihirap sa pag-aaral ng paksang ito. Ito ay ang tanging pagdurusa sa Bibliya na hindi pangkatubusan. Ito ay hindi kalooban ng Diyos para sa sinuman. Iyon ay isang bunga ng sinasadya, nagpapatuloy na paghihimagsik, kapwa pang-anghel at sa tao. Iyon ay isang bukas, dumudugong sugat sa puso ng Diyos na hindi maghihilom! Ang pagpayag ng Diyos na pahintulutang ang malayang pagpili sa gitna ng Kaniyang mga nilala ay nagbubunga sa ilang masakit, walang-hangang mga pagkawala.

*Ang Jerome Biblical Commentary*, tomo II, p. 379 ay binabanggit ang paglalarawan ni Hudas sa kaparusahan ng mga anghel na na lubhang katulad sa I Enoch 10:4-6,11,13; 12:4; 15:3; 19:1. Ito ay tila nagpapatunay ng kaalaman ni Hudas sa mga pang-Hudyong apokaliptikong gawa na *interbiblical*.

**2:7-8 "ang matuwid na si Lot"** Ito ay maaaring isang pagkabanggit sa (1) ang dagdag-kanonikong Hudyong aklat ng Karunungan ni Solomon 10:6 o isang rabinikong tradisyon. Si Lot ay namimighati sa espiritu dahil sa mga pagkilos ng kaalinsabay na masasamang tao (ilang rabinikong tradisyon ay makikita sa v. 8 at I Clem. 11:1) gaya ng mga mambabasa ng II Pedro dahil sa mga imoral na bulaang guro.

Ang buong bahaging ito ay isang anyo ng OT tipolohiya. Ang mga bagay na nangyari sa kasaysayan ng Israel ay nauulit sa panahon ni Pedro.

**2:9** Ito ang pangwakas ng pinahabang pangungusap na nagsimula sa v. 4. Ililigtas ng Diyos ang sa Kaniya (i.e., Noe, v. 5 at Lot, v. 7) at tatanganan ang di-matuwid na magbibigay sulit para sa kanilang mga gawa (i.e., mga anghel at ang mga tao).

**2:10 "mga nagsisilakad ng ayon sa laman sa masamang pita ng karumihan"** Ito ay tumutukoy sa mga likas na hilig na tao na ipinagkaloob ng Diyos ngunit may mga tiyak na hangganan (i.e., sekswalidad ng tao, ngunit sa loob ng pag-aasawa). Ang nalugmok na sangkatauhan ay tinanganan ang mga kaloob ng Diyos sa labas ng ipinagkaloob na mga hangganan sa kanila para sa makasarili, mayabang na mga layunin (mas higit para sa akin sa anumang halaga).

▣ **"at nangapopoot sa pagkasakop"** Ito ay kaagapay sa Hudas v. 8 sa maraming ways.

| **II Pedro 2:10** | **Hudas v. 8** |
|---|---|
| 1. nagsisilakad ayon sa laman | 1. inihahawa ang laman |
| 2. nangapopoot sa pagkasakop | 2. hinahamak ang mga paghahari |
| 3. magsialipusta sa mga pangulo | 3. nilalait ang mga puno |

Ang Hudas maliwanag na tumutukoy sa mga anghel ng pariralang ito, ngunit ang II Pedro ay maaaring maiugnay iyon sa v. 4 at higit pa ay tumutukoy sa patanggi kay Kristo. Isinama ko ang aking mga tala ng Hudas 8.

**Mga tala mula sa Komentaryo ng Hudas**

**v. 8 "Gayon man"** Ang mga bulaang guro ng panahon ni Hudas ay may mga pagkakahawig sa mga mapanghimagsik nang una. Ang eksaktong likas ng pagkakatulad ay hinditiniyak.

▣ **"mga ito"** Ito ang paraan ni Hudas sa pagtukoy ng mga bulaang guro nanghimasok sa iglesiya (cf. vv. 8,10,12,14,16,19).

▣ **"naman sa pagkagupiling"** Ang terminong ito ay ginamit ng mga bulaang propeta sa OT (cf. Deuteronomyo 13:1-5; Jeremias 23:25-32), na nag-aangkin ng natatanging mga kapahayagan mula sa Diyos(cf.taga-Colosas2:18).

▣ **"inihahawa ang laman"** Ito ay ang matalinghagang paggamit ng terminong "bahid." Mayroong maliwanag na isang amoral na aspeto sa kanilang mga katuruan at/o mga pamumuhay. Ang lahat ng mga halimbawa sa OT kinapapalooba ng ilang uri ng sekswal na kasalanan (cf. II Timoteo 3:1ff; II Pedro 2).

▣ **"hinahamak ang mga paghahari, at nilalait ang mga puno"** Mayroong tatlong mga katangian ang "mga ito."

1. "inihahawa ang laman"
2. "hinahamak ang mga paghahari" (NASB, NKJV, NRSV)
   "kinasusuklaman ang awtoridad ng Diyos" (TEV)
   "pinagwalang bahala ang Awtoridad" (NJB)
3. "nilalait ang mga puno" (NASB)
   "nagsasalita nang masama sa matatas na pinuno" (NKJV)
   "maninirang-puri sa mga maluluwalhati" (NRSV)
   "hinahamak ang mga maluwalhating nilalang sa kataasan" (TEV)
   "nagsasamantala din sa mga Kaluwalhatian" (NJB)

Iyon ay maliwanag ang una ay may na patungkol sa mga kasalang sekswal, ngunit paano sa ikalawa at ikatlo? Ang ikalawang katawagang, "hinahamak ang mga paghahari," ay maaaring ipaliwanag sa di kukulangin na dalawang paraan.

1. ang Griyegong termino para sa "awtoridad" ay *kuriotēa*, na kaugnay sa terminong "Panginoon" (*kurios)*; samakatuwid ang ilan ay inuugnay ang pagtangging ito (bagaman ang MGA MAKADIWA ay magkaiba) sa pagkakaila kay Hesus sa v. 4 ("ating tanging Guro at Panginoon, Hesukristo")
2. ang Griyegong termino para sa "awtoridad" ay *kuriotēta*, na kaugnay sa *kuriotēs*, na ginamit sa II Pedro 2:10 (cf. taga-Efeso 1:21; taga-Colosas 1:16) na tumutukoy sa mga anghel

Ang kontekstong ito ay tila tumutukoy sa mga anghel, kaya ang #2 ang umaakmang pinakamainam.

Ang ikatlong katawagan ay gumagamit ng isang OT terminong "kaluwalhatian" (*kabod*), na ginamit sa Diyos (cf. vv. 24,25; II Pedro 1:3,17; 3:18) at lahat ng mga bagay kaugnay sa Diyos, lalo na sa langit o ang buhay na darating. Sa pagkakataong ito, si Hudas ay ay pumipili ng *interbiblical* na pagpapahaba ng OT konseptong ito na tumutukoy sa mga maka-anghel na nilalang, mga nilalang na may kapangyarihan at awtoridad.

Ito ay maaari ding tumutukoy sa pagtanggi ng kautusan ng OT dahil ang mga Hudyo naniniwala na ang mga anghel ay gumaganap na tagapamagitan para kay YHWH sa pagpapaloob ng Kautusan kay Moises sa bundok Sinai (cf. Mga Gawa 7:35).

Ang puntong ito ng konteksto ay ang walang-hangganang pamumuhay ng "mga ito" na mga bulaang guro sa bahagi ng moralidad at awtoridad. Ang tala ng mga katangian ng mga bulaang guro na nagsimula sa vv. 1-4 ay nagpatuloy: (1) hinahamak ang mga paghahari, v. 10; (2) tulad ng mga hayop v. 12; (3) mga naghahanap ng pita, v. 13; (4) minamasama ang mga pista ng pag-ibig v. 13; (5) nagdudulot sa mga maninihang mananampalataya na magkasala v. 14; at (6) nangangako ng kalayaan ngunit sila ay mga alipin, v. 19.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2:10b-16

**[10b]Mga pangahas, mapagsariling kalooban, sila ay hindi natatakot na magsialipusta sa mga pangulo:**
**[11]Samantalang ang mga anghel, bagamat lalong dakila ang lakas at kapangyarihan, ay hindi nagtataglay ng**
**paghatol na may alipusta laban sa kanila sa harapan ng Panginoon. [12]Datapuwat ang mga ito, na gaya ng mga**
**kinapal na walang bait, na ipinanganak na talagang mga hayop upang hulihin at lipulin, na nagsisialipusta sa**
**mga bagay na hindi nila nalalaman ay walang pagsalang lilipulin sa kanila ring pagkalipol. [13]Na nangagbabata**
**ng masama na kabayaran ng gawang masama; palibhasa'y inaari nilang isang kaligayahan ang magpakalayaw**
**kung araw, mga dungis at kapintasan, na nangagpapakalayaw sa kanilang mga daya, samantalang sila ay**
**nangakikipagpiging sa inyo; [14]Na may mga matang puspos ng pangangalunya, at hindi maaaring maglikat sa**
**pagkakasala; na umaakit sa mga kaluluwang walang tiyaga; na may pusong sanay sa kasakiman; mga anak ng**
**paglait, [15]Na pagkaalis sa daang matuwid ay nangaligaw sila, palibhasa'y nagsisunod sa daan ni Balaam na anak**
**ni Beor, na nagibig ng kabayaran ng gawang masama; [16]Datapuwat siya ay sinasaway dahil sa kaniyang sariling**
**pagsalangsang: na isang asnong pipi ay nangusap ng tinig ng tao at pinigil ang kaululan ng propeta.**

**2:10b "pangahas"** (cf. Marcos 12:34; 15:43)

▣ **"mapagsariling kalooban"** (cf. Tito 1:7)

▣ **"sila ay hindi natatakot"** (cf. Mateo 28:4; Lucas 8:47; Mga Gawa 7:32; I taga-Corinto 2:3).

Ang tatlong magkakasunod na terminong naglalarawan sa kawalan ng paggalang ng mga bulaang guro sa espirituwal na mga kapangyarihan at mga awtoridad. Maaari nilang inuugnay malawak na teolohiya ng Nostiko sa mga

antas ng anghel (*aeons*) at ang lihim na mga pangala ng mga anghel na ito na kinakailangan sa inaasahang paglipat sa kanilang kaharian sa daan ng pakikisama sa mataas, mabuting diyos.

▣

**NASB** **"magsialipusta sa mga pangulo"**
**NKJV** **"magsalita ng kasamaan sa mga pinuno"**
**NRSV** **"manirang-puri sa mga maluwalhati"**
**TEV** **"walang paggalang sa mga luwalhati sa kataasan"**
**NJB** **"pasakitan ang isang maluwalhati"**

Tingnan tala sa nakalipas na bahagi mula sa Hudas sa "mga kaluwalhatian" (*doxai*).

**2:11 "hindi nagtataglay ng paghatol na may alipusta laban sa kanila sa harapan ng Panginoon"** Ito ay kaagapay sa Hudas 9, na maaaring isang sipi mula sa *The Assumption of Moses.* Iyon ay nauugnay sa isang pangyayari sa pagitan ni Miguel (i.e., ang Arkanghel at tagapag-alaga ng Israel) at Satanas sa katawan ni Moises (cf. Deuteronomyo 34:6).

Mayroong isang kaibahan sa Griyegong manuskrito sa pariralang ito.

1. sa harapan ng Panginoon (*para* na may LOCATIVE, א, B, C, K, P, cf. NASB, NKJV, TEV, NJB)
2. mula sa Panginoon (*para* na may ABLATIVE, $P^{72}$, cf. NRSV)

**2:12** Ang talatang ito ay kaagapay sa Hudas v. 10. Ang Hudas v. 9 ay naglalarawan ang sagupaan ni Miguel kay Satanas. Ang talatang ito sa II Pedro at Hudas v. 10 ay naglalarawan kung paaanong ang mga bulaang guro ay tumungon sa maka-anghel na awtoridad at kapangyarihan

1. sila ay kumikilos tulad ng mga walang-katuwirang hayop
2. sila ay mga nilalang ng pag-uugaling hayop

Ang alam nila (at kung paano sila kumikilos pagkilos) ay magwawasak sa kanila.

▣ **"lilipulin. . .pagkalipol"** Tingnan ang Natatanging Paksa na susunod.

## NATATANGING PAKSA: WASAKIN, GIBAIN, PASAMAIN (*PHTHEIRŌ*) (DESTROY, RUIN, CORRUPT (*PHTHEIRŌ*))

Ang pangunahing kahulugan ng salitang *phtheirō* ay wasakin, gibain, pasamain o sirain. Ito ay maaaring gamitin sa

1. pagkawasak sa pananalapi (maaaring sa II taga-Corinto 7:2)
2. pagkawasak na pisikal (cf. I taga-Corinto 3:17a)
3. kasamaang moral (cf. taga-Roma 1:23; 8:21; I taga-Corinto 15:33,42,50; taga-Galacia 6:8; Pahayag 19:2)
4. panunuksong sekswal (cf. II taga-Corinto 11:3)
5. walang hanggang pagkawasak (cf. II Pedro 2:12,19)
6. pawala nang tradisyon ng mga tao (cf. taga-Colosas 2:22; I taga-Corinto 3:17b)

Kadalasang ang mga salitang ito ay ginagamit sa katulad na konteksto itinangging kabaligtaran nito (cf. taga-Roma 1:23; I taga-Corinto 9:25; 15:50,53). Pansining ang mga magkaagapay na kabaliktaran sa pagitan ng ating mga pisikal na katawan at ating makalangit na walang hanggang mga katawan.

1. Nasisira laban sa di-nasisira, I taga-Corinto 15:42,50
2. Kahihiyan laban sa kaluwalhatian, I taga-Corinto 15:43
3. Kahinaan laban sa kapangyarihan, I taga-Corinto 15:43
4. Likas (natural) na katawan laban sa espiritwal na katawan, I taga-Corinto 15:44
5. unang Adan laban sa huling Adan, I taga-Corinto 15:45
6. larawang maka-mundo laban sa larawang maka-langit, I taga-Corinto 15:49

**2:13 "nangagbabata ng masama na kabayaran ng gawang masama"** Ito ay isang di-karaniwan kayarian na alinman sa (1) isang wikain o (2) isang paglalaro ng salita (i.e., *adikoumenoi*, kahulugan "pagdurusang mali" at *adikias*, ay isinaling "ng mali").

▣ **"ang magpakalayaw kung araw"** Pinapasikat nila ang kanilang mga pagkilos para makita ng lahat. Ang pariralang ito at ang huling parirala ng v. 12 ay nagsasabi ng magkatulad na bagay.

▣

**NASB** **"mga dungis at kapintasan"**
**NKJV** **"mga matsa at kapintasan"**
**NRSV** **"mga bahid at kapintasan"**
**TEV** **"isang kahihiyan at isang kadustahan"**
**NJB** **"hindi magandang tingnan na bahid"**

Ang unang terminong *spilas* (at mga anyo nito) ay may dalawang natatanging kahulugan: (1) sa orihinal iyon ay

tumutukoy sa di-nakikitang kapamahakan, sa literal, nakatago o mababaw na mga bahura (cf. Hudas v. 12) at (2) mga mantsa o mga dungis (cf. taga-Efeso 5:27; Santiago 3:6; II Pedro 2:13; Hudas v. 23).

Ang ikalawang termino ay halos magkasingkahulugan. Iyon ay ginamit na patalinghaga sa "mga mantsa" o "mga dungis." Kapwa ang mga ito ay tumutukoy sa mga imoral na bulaang guro na nagsasamantalang sekswal sa mga mananampalataya sa Kristiyanong Piging ng Pag-ibig (ang Hapunan ng Panginoon).

▣
**NASB "samantalang sila ay nangakikipagpiging sa inyo"**
**NKJV, NRSV "habang sila ay nakikipista sa iyo"**
**TEV "kasama sa iyong pagkain"**
**NJB "kahit na kanilang ibinabahagi ang kanilang pagkain"**

Ito ay kaagapay sa Hudas v. 12. Ang piging ay tumutukoy sa tinatawag na "Ang Piging ng Pag-ibig" (cf. I taga-Corinto 11:17-22), na ay isang komunal na Eukaristya ng nananampalatayang komunidad.

**2:14 "mga matang puspos ng pangangalunya"** Tinitingnan nila ang bawat babae sa hapag ni Kristo bilang isang kagamitang sekswal. Ang mga bulaang guro ay mapagsamantalang sekswal (cf. 2:2,10,14,18). Ang mga rabbi ay sinasabing ang mga mata ay bintana ng kaluluwa. Ang kasalanan ay nagsisimula sa pangkaisipang buhay. Ang mga mata ng mga bulaang guro ay hindi nagpapahinga!

▣ **"umaakit sa mga kaluluwang walang tiyaga"** Kanilang sinisilo at binibitag ang mahihina o bagong mga mananampalataya (cf. Mateo 18:6; II Timoteo 3:6).

▣ **"may pusong sanay sa kasakiman"** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA PANDIWARI. Nakuha natin ang Ingles na salitang "*gymnasium*" mula sa salitang ito. Sila ay palagiang nagsasanay upang makakuha pa nang mas marami para sa sa kanilang mga sarili sa anumang halaga! Tingnan ang Natatanging Paksa: Puso sa Marcos 2:6.

▣
**NASB "mga anak ng paglait"**
**NKJV "*at* mga anak ng paglait"**
**NRSV "Mga anak ng kaalitan"**
**TEV "Sila ay sa ilalim ng sumpa ng Diyos"**
**NJB "Sila ay sa ilalim ng isang sumpa"**

Ito ay isang Hebreong wikain (cf. taga-Efeso 2:3). Sila ay nagpapamalas ng kanilang mga katangian at palagiang katangian ng kanilang ama, ang Demonyo. Ang paayong salungat ng wikaing ito ay "mga masunuring anak" ng I Pedro 1:14!

**2:15 "pagkaalis sa daang matuwid"** Ito ay nagpapakilala ng Hebreong wikain para sa "kasalanan" (cf. NRSV, TEV, NJB). Ang katuwiran ay inilalarawan bilang isang landas o daan. Ang maka-Diyos ay sumusunod sa landas (cf. Mga Awit 119:105; Kawikaan 6:23). Anumang pagkakaiba mula sa landas ay kasalanan.

▣ **"ay nangaligaw sila"** Ang terminong "nangaligaw" ay ating Ingles sa salitang "planeta," na nangangahulugang "gumagala." Ito ay kaagapay sa Hudas v. 13.

▣ **"sa daan ni Balaam"** Ang katulad na pangyayari sa OT ay binanggit sa Hudas v. 11. Iyon ay nakatala sa Bilang 22-25; 31:8,16. Gaya ng pagnanais ni Balaam sa salapi, kaya gayundin, ang mga bulaang gurong ito (i.e., sakim, v. 14).

▣
**NASB, NKJV,**
**TEV "Beor"**
**NRSV, NJB "Bosor"**

Ang unang pagbasa ay mula sa Septuagint ng Bilang 22 at ay ang pagbasa ng MS B. Ang ikalawang pagbasa ay matatagpuan sa MSS $P^{72}$, $\aleph^2$, $A^c$, C, at $UBS^4$ na pinagkakalooban iyon ng isang "A" na antas (may katiyakan). Gayunman, walang halimbawa ng pangalang ito saanmang dako.

**2:16 "isang asnong pipi ay nangusap ng tinig ng tao"** Ito ay tumutukoy sa Bilang 22:24 at 31, isa pang pangyayari sa OT na kinapapalooban ng isang anghel.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2:17-22

**17 Ang mga ito ay mga bukal na walang tubig, mga ulap na tinatangay ng unos; na sa kanila ay itinaan ang kapusikitan ng kadiliman; 18 Sapagkat, sa pananalita ng mga kapalaluan na walang kabuluhan, ay umaakit sila sa masasamang pita ng laman, sa pamamagitan ng kalibugan, doon sa nagsisitakas sa nangamumuhay sa kamalian;**

**[19]Na pinangangakuan ng kalayaan, samantalang sila ay mga alipin ng kabulukan; sapagkat ang nadaig ninoman
ay naging alipin din naman niyaon. [20]Sapagkat kung, pagkatapos na sila ay makatakas sa mga pagkahawa sa
sanglibutan sa pamamagitan ng pagkakilala sa Panginoon at Tagapagligtas na si Hesukristo, ay muling
mahalubiluhan at madaig niyaon, ay lalong sumasama ang huling kalagayan nila kay sa nang una. [21]Sapagkat
magaling pa sa kanila ang hindi nakakilala ng daan ng katuwiran, kay sa, pagkatapos na makakilala ito ay
tumalikod sa banal na utos na ibinigay sa kanila. [22]Nangyari sa kanila ang ayon sa kawikaang tunay, Nagbabalik
na muli ang aso sa kaniyang sariling suka, at sa paglulubalob sa pusali ang babaing baboy na nahugasan.**

**2:17 "mga bukal na walang tubig, mga ulap"** Ito ay kaagapay sa Hudas v. 12. Sila ay may pangako ng pagpapala, ngunit tanging binigay ay kamatayan.

▣ **"na sa kanila ay itinaan ang kapusikitan ng kadiliman"** Ito sa literal ay "makapal na kadiliman ng kadiliman" (cf. 2:4; Hudas 6,13). Ang PANDIWA ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG na nagpapahiwatig na palagiang kahatulan at pagkakabilanggo sa Diyos.

Ito kaagapay din sa Hudas v. 13. Iyon ay isang talinghaga para sa walang-hangang kaparusahan na ginagamit ang kadiliman (cf. Mateo 8:12; 22:13; 25:30 at I Enoch 10:4-5; 63:6).

**2:18**
**NASB "Sapagkat, sa pananalita ng mga kapalaluan na walang kabuluhan"**
**NKJV "pagsasalita ng mga namamagang salita na walang halaga"**
**NRSV "pagsasalita ng kayabangang walang kabuluhan"**
**TEV "gumagawang ng mapagmataas at hangal na mga pahayag"**
**NJB "maingay na tunog ngunit walang laman"**

Ito ay kaagapay sa v. 17 at Hudas 12-13,16. Sila ay nagmumukang espirituwal at mabunga, ngunit iyon ay isang pagkukunwari, isang pandaraya.

▣
**NASB "umaakit sila sa masasamang pita ng laman"**
**NKJV "bumibighani ng ang laman, sa pamamagitan ng kalibugan"**
**NRSV "may mga pagnanasa ng kalayawan ng laman na nabibighani sila"**
**TEV "gumagamit ng imoral na pita ng katawan upang maghuli"**
**NJB "sila ay nanunukso. . .sa paglalaro ng walang kaayusang pagnanasa ng kanilang pantaong likas at wala-habas na kalasingan"**

Ito muli ang mga sekswal na mga aspeto ng mga bulaang guro. Sila ay may kamalian hindi lamang sa teolohiya, ngunit gayundin sa moralidad.

▣
**NASB "doon sa nagsisitakas"**
**NKJV "sa kanilang tumakas"**
**NRSV "na tumakas"**
**TEV "silang nagsisimulang tumakas"**
**NJB "mga taong tiyak na hindi tatakas"**

Mayroong isang kaibahan sa Griyegong manuskrito sa pariralang ito.

1. *oligōs*, na nangangahulugang "halos" (cf. MSS $P^{72}$, $\aleph^2$, A, B, at ang Vulgata; Syriac, at Coptic na mga salin)
2. *ontō*s, na nangangahulugang "tunay" o "totoo" (cf. MSS $\aleph^*$, C, at ang Armenian at Slavonic na mga salin).

Ang teolohiko isyu ay these mga mananampalataya being led astray (cf. NKJV, NRSV, NIV) o ay sila halos mga mananampalataya (cf. NASB, NRSV [tala sa ibaba], TEV)? Ang konteksto ng vv. 20-21 tiyak na ay nagpapahiwatig sila ay mga mananampalataya (i.e., UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI).

**2:19 "Na pinangangakuan ng kalayaan"** Ang mga bulaang guro ay nangangako ng kalayaan sa dalawang mga kaunawaan: (1) isang teolohikong kalayaan batay sa lihim na kaalaman ng mga maka-anghel na mundo at (2) isang kalayaang mula sa mga moral na pagpipigil batay sa tanging kaligtasan na kinapapalooban ng kaalamang natamo (i.e., mahalay o *antinomian* na mga nostiko).

Hinihimok ni Pablo ang mga mananampalataya na huwag gamitin ang kanilang kalayaan bilang isang pagkakataon sa kasalanan (cf. taga-Galacia 2:16), na gaya ng ginawa ni Pedro (cf. I Pedro 2:16). Ang kalayaan ay palaging ang ipinagbabawal na bunga. Ang pagpipigil sa sarili ay isang tanda ng espirituwal na kaganapan (cf. taga-Galacia 5:23). Ito ay hindi *Stoic* na kaunawaan ng sariling kasanayan, ngunit ang Kristiyanong kaunawaan ng mga mananampalataya sa pagtitiwala sa pananahan ng Espiritu at pagwawangis ng kanilang mga sarili sa kapahayagan ng Diyos (ang NT). Ang tunay na katanungan kung gayon ay sino o ano ang namamahala at/o nagpapakilala ng ating mga buhay?

▣ **"kabulukan"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:12.

**2:20 "kung"** Ito ay isang UNANG URING MAY PASUBALI na ipinagpapalagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda o para sa kaniyang pampanitikang mga layunin. Ito ay nagpapahiwatig na ang mga biktima ng v. 18 ay mga mananampalataya.

▣ **"pagkatapos na sila ay makatakas sa mga pagkahawa sa sanglibutan"** Ito ay isang AORIST GANAP NA PANDIWARI, na nagpapahiwatig ng isang natapos na pagkilos (kanilang pagpapahayag ng pananampalataya kay Kristo). Ang ebanghelyo ay nagpalaya sa kanila mula sa kapangyarihan ng nalugmok na kalikasan (cf. taga-Roma 6).

▣ **"sa pamamagitan ng pagkakilala sa Panginoon"** Ito ay ang terminong *epignōskō*, na may kahulugang puno ng pangkaranasang kaalaman (cf. 1:2). Ang kaparaanan ng kanilang kaligtasan ay ang ebanghelyo na isang persona, katotohanan tungkol sa persona, at isang pamumuhay tulad ng persona. Ang mga bulaang guro ay linalabag ang lahat ng tatlo!

▣ **"muling mahalubiluhan at madaig niyaon"** Ang unang MAKADIWA ay isang AORIST BALINTIYAK NA PANDIWARI, habang ang ikalawa ay isang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG. Pansining ang BALINTIYAK NA TINIG, na nagpapahiwatig ng isang panlabas na kinatawan (i.e., ang mga bulaang guro o ang isang masama). Ang kagyat na konteksto ay binibigyang kahulugan ang kagusutan bilang senswalidad at mga makalamang pagnanasa. Para sa isang mabuting pagtalakay ng talatang ito, tingnan ang *Hard Sayings of the Bible*, pp. 729-730. Ako ay lubusang sumasang-ayon sa kanilang pagsusuri.

▣ **"lalong sumasama ang huling kalagayan nila kay sa nang una"** Ito ay maaaring maiugnay sa (1) sa mga bagong mananampalataya (vv. 14b, 18b, 21) o (2) ang mga bulaang guro (vv. 17, 18a). Ito ay parehong may kalabuan na nauugnay sa v. 19.

**2:21** Paano magiging mas masama ang kanilang kalagayan? (1) Sila ay nabakunahan laban sa tunay na pananampalataya. Sila ay tulad sa Mga Hebreo 2:1-4; 6:4-6 at 10:26-31 (i.e., mga di-mananampalataya sa presensya ng dakilang liwanag); (2) Ito ay maaaring tumutukoy sa mga bago o mahinang pamumuhay ng mananampalatayang saksi na nawala nang higit kaysa sa kanilang personal na kaligtasan. Mayroong isang matinding paglalaban sa pagitan ng luma at bagong kalikasan (cf. taga-Roma 7), kapwa bago sa kaligtasan at kahit na pagkatapos.

▣ **"daan ng katuwiran"** Ito ay tumutukoy sa ebanghelyo, tulad ng "banal na kautusan" gayundin sa v. 21 at "ang kaalaman ng Panginoon" sa v. 20 (cf. 3:2).

**2:22 "kawikaang tunay"** Ang kawikaan ng aso ay mula sa MT, hindi sa LXX ng Kawikaan 26:11. Ang kawikaan ng baboy ay mula sa Aramaikong karunungang aklat ng Ahikan (i.e., 8:18), na kilalang-kilala ng mga Hudyo sa panahon ng pagpapatapon ng Assyria. Ang Ahikan ay binanggit sa Hudyong aklat na *Tobit* bilang isang marunong na taong nagmula sa isa sa sampung ipinatapong angkan sa hilaga. Ang Hudyong tradisyon ay sinasabing siya ay sumikat bilang isang mataas na opisyal ng pamahalaan (i.e., tulad ni Daniel) sa panahon ng pamumuno nina Sennacherib at Esarhaddon. Ang mga bulaang gurong ito ay nagmumukhang sila ay mga mananampalataya (i.e., marurunong na tao), ngunit ang kanilang mga pagkilos ay pinapakitang iyon ay tanging isang panlabas na pagbabago at hindi tunay na pagsisisi ng kasalanan (cf. Mateo 7 at 13).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ang mga bulaang guro ba ay tunay na Kristiyano? (v. 1)
2. Ang mga tagasunod ba nila ay Kristiyano?
3. Itala ang mga katangian ng mga bulaang guro na ito.
4. Bakit napakaraming pagtalakay patungkol sa mga anghel sa kabanatang ito?
5. Ano ang kanininatnan ng mga talatang 20-22?

# II PEDRO 3

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Pangako ng Pagparito ng Panginoon | Hindi Pabaya ang Diyos sa Kaniyang Pangako | Ang Araw ng Panginoon | Ang Pangako ng Pagparito ng Panginoon | Ang Araw ng Panginoon: Mga Propeta at mga Apostol |
| 3:1-7 | 3:1-9 | 3:1-7 | 3:1-7 | 3:1-2 |
| | | | | Ang Araw ng Panginoon: Mga Bulaang Guro |
| | | | | 3:3-7 |
| 3:8-13 | Ang Araw ng Panginoon | 3:8-10 | 3:8-9 | 3:8-10 |
| | 3:10-13 | | 3:10-13 | Bagong Panawagan sa Kabanalan. Doxolohiya |
| | Maging Matatag | 3:11-13 | | 3:11-18 |
| 3:14-18 | 3:14-18 | 3:14-18 | 3:14-16 | |
| | | | 3:17-18 | |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (mula sa "Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya," p. v)
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito ay isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng pagpapaliwanag. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang talata
2. Pangalawang talata
3. Pangatlong talata
4. Atbp.

### PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 3:1-7**

**1 Ito nga ang ikalawang sulat, mga minamahal, na isinusulat ko sa inyo; at sa dalawa'y ginigising ko ang inyong tapat na pagiisip sa pamamagitan ng pagpapaalaala sa inyo; 2 Upang maalaala ninyo ang mga salitang sinabi nang una ng mga banal na propeta, at ang utos ng Panginoon at Tagapagligtas sa pamamagitan ng inyong mga apostol: 3 Na maalaman muna ito, na sa mga huling araw ay magsisiparito ang mga manunuya na may pagtuya, na magsisilakad ayon sa kanikanilang masasamang pita, 4 At magsisipagsabi, Saan naroon ang pangako ng kaniyang pagparito? Sapagkat, buhat nang araw na mangatulog ang mga magulang, ay nanganatili ang lahat ng mga bagay na gaya ng kalagayan nila mula nang pasimulan ang paglalang. 5 Sapagkat sadyang nililimot nila, na mayroong sangkalangitan mula nang unang panahon, at isang lupang inanyuan sa tubig at sa gitna ng tubig, sa pamamagitan ng salita ng Diyos; 6 Na sa pamamagitan din nito ang sanglibutan tanghali, na inapawan ng tubig, ay napahamak: 7 Ngunit ang sangkalangitan ngayon, at ang lupa, sa pamamagitan ng gayon ding salita ay iningatang talaga sa apoy, na itinataan sa araw ng paghuhukom at ng paglipol sa mga taong masama.**

**3:1 "minamahal"** Ang terminong ito sa orihinal ay ginamit ng Diyos Ama para as Anak sa Kaniyang bautismo (cf. Mateo

3:17) at Kaniyang pagbabagong-anyo (cf. Mateo 17:5 at II Pedro 1:17). Iyon ay nagiging isang titulo para sa bayan ng Diyos (cf. taga-Roma 1:7). Iyon ay tanging ginamit nang minsan sa I Pedro (cf. 2:11; 4:12), ngunit ginamit nang malawak sa II Pedro 3 (cf. 3:1,8,14,15-17). Iyon ay lubhang karaniwan din sa I at III Juan.

▣ **"ang ikalawang sulat"** Ito ay tila tumutukoy sa I Pedro, kung naniniwala ka na si Pedro ang pinagmulan ng kapwa I at II Pedro, na pinaniniwalaan ko.

▣
**NASB "tapat na pagiisip"**
**NKJV "iyong dalisay na isipan"**
**NRSV "iyong taos na hangarin"**
**TEV "your dalisay mga kaisipan"**
**NJB "isang maaliwalas na kaisipan"**

Ang terminong ito ay nangangahulugang dalisay sa kaunawaan ng matapat o tuwid na pamumuhay (cf. taga-Filipos 1:10). Ang mga bulaang guro ay hindi dalisay sa anumang kaunawaan. Sila ay imoral at mapagmanipulang makasarili.

▣ **"sa pamamagitan ng pagpapaalaala"** Ang mga ito ay halos tiyak na mga salita ng 1:13-14 (cf. Hudas 17). Sa Bibliya, ang mga tao ay kadalasang tinatawag na alalahanin ang Diyos, ang Kaniyang Salita, at Kaniyang mga gawa. Ang Diyos, gayunman, ay hinihimok sa kalimutan ang kanilang kasalanan (i.e., Jeremias 31:34; Isaias 43:25; matalinghaga sa Mga Awit 103:3; Isaias 1:18; 38:17; 44:22; Mikas 7:18).

**3:2 "maalaala ang mga salita"** Ito ay isang AORIST BALINTIYAK NA PAWATAS. Ito ay isang malakas na pagbibigay-diin sa pagkakaalam (1) ng OT (cf. 1:21); (2) ng mga salita ni Hesus (cf. 2:21); at (3) kanilang apostolikong paglalapat (cf. 1:1). Ito ay kaagapay sa Hudas 17.

Ang pagkaalam/pag-alaala ay hinahangad na makaapekto sa pananalig ng mananampalataya sa Ikalawang Pagparito at sa kanilang pamumuhay na katulad ng kay Kristo!

▣ **"sinabi nang una ng mga banal na propeta"** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA PANDIWARI, na nagpapahiwatig ng palagiang kapahayagan (GANAP NA PANAHUNAN, cf. Mateo 5:17-19; I Pedro 1:25) na ipinagkaloob ng Espiritu (BALINTIYAK NA TINIG, cf. II Pedro 1:20-21).

Ito ay tumutukoy sa lahat ng OT. Ang mga Hudyo naniniwala na ang lahat ng Banal na Kasulatan ay isinulat ng mga propeta. Ito ang dahilan kung bakit tinatawag na isang propeta si Moises sa Deuteronomyo 18:15 at ang Joshue hanggang sa Mga Hari ay tinatawag na "mga naunang propeta."

▣ **"ang utos ng Panginoon at Tagapagligtas"** Ito ay isang wikain na tumutukoy sa ang ebanghelyo ("ang banal na kautusan," cf. 2:21; "ang kautusan," I Timoteo 6:14). Iyon ay kaugnay sa wikaing "ang kautusan ni Kristo" (cf. taga-Galacia 6:2).

▣ **"inyong mga apostol"** Kung ang propeta ang nagbigay ng unang kasunduan, ang mga Apostol ang nagbigay ng ikalawa!

**3:3 "maalaman muna ito"** Ang parehong parirala ay ginamit sa 1:20. Si Pedro ay gumagamit ng ganitong pampanitikang wikain upang tandaan ang kaniyang pangunahing mga punto.

▣ **"sa mga huling araw"** Ang pariralang ito sa OT ay ipinapakilala ang haba ng panahon bago lamang sa katapusan ng kasaysayan ng tao. Si Pedro ay may kaunting kalabuan sa kung anong panahon ang tinutukoy nito. Sa kabanata dalawa, siya ay nagpapahayag ng mga bulaang turo "na darating," ngunit sila ay nandito na sa kaniyang araw. Ito ay sa teolohiya, katulad ng "anti-Kristo. . .mga anti-Kristo" ni Juan sa I Juan 2:18. Ang mga ito na mga bulaang guro at mga manunuya ay makikita sa bawat panghinaharap na panahon ng kasaysayan ng Iglesiya, na nagsimula noong unang siglo. Tingnan ang Natatanging Paksa sa Marcos 13:8.

▣ **"magsisiparito ang mga manunuya na may pagtuya"** Ito ay kaagapay sa Hudas 18. Ang PALAGYO at INSTRUMENTAL na mga anyo ng parehong PANGNGALAN ay ginamit para sa pagbibigay-diin. Ang mga ito na mga bulaang guro ay ay gumagawa at magpapatuloy na pagtawanan ang mga pangako ng Bibliya tungkol sa pagbabalik ni Kristo (cf. v. 4).

▣ **"magsisilakad ayon sa kanikanilang masasamang pita"** Ang mga bulaang guro ay malalaman dahil sa kanilang mga salita at mga gawa (cf. Mateo 7:15-20 at II Timoteo 3:2-5). Ito ay kaagapay sa Hudas 18.

**3:4 "magsisipagsabi, Saan naroon ang pangako ng kaniyang pagparito"** Ito ay maaaring tumutukoy sa (1) ang Araw ng Pagparito ni YHWH sa OT o (2) ang Ikalawang Pagparito ng Kristo sa NT.

▣
**NASB, NKJV "ang mga magulang"**
**NRSV, TEV "ating mga ninuno"**
**NJB "ating mga ama"**

Ang panahon ng OT ay binanggit sa v. 2, kaya "ang mga magulang" ay kailangang tumutukoy sa mga Patriyarka ng OT o sa mga pinuno ng angkan. Ito ay pinagtibay ng v. 4-6, na nagpapahayag ng paglalalang.

Ang konteksto ay maliwanag na tumutukoy sa pagdalaw sa kahatulan ng Diyos (cf. II Pedro 2). Ang OT ay nagpapahayag na ang mga tao ay magbibigay ng salaysay sa Diyos para sa pag-iingat sa kaloob na buhay (i.e., Mateo 25:31-46; 20:11-15). Ang mga manunuyang ito hindi lamang pinapababa ang pagkakatawang tao ni Hesus, kinukutya din nila ang Kaniyang pagbabalik bilang Hukom.

▣ **"mangatulog"** Ito ay isang paghalili sa OT para sa kamatayan, na tinuloy sa NT (cf. Mateo 27:53; Marcos. 5:39; Juan 11:11; I taga-Corinto 11:30; 15:51; taga-Efeso 5:14; I taga-Thesalonica 4:14).

▣ **"nanganantili ang lahat ng mga bagay na gaya ng kalagayan nila mula nang pasimulan ang paglalalang"** Ang pantaong kasaysayan, bagaman kaunit sa panahon kung ihahambing sa geolohikong kasaysayan, ay nagkakaloob sa mga tao ng kaunawaan ng kaayusan. Ito ang pagpapaunang kaisipan ng makabagong agham (i.e., *Uniformitarianism*) na ang likas na proseso at kaayusan ng mga batas ng kalikasan ay maaaring maipanukala sa kapwa paurong at pasulong sa panahon. Ang Bibliya ay nagpapahayag na mayroong isang simula sa paglalalang at mayroong isang katapusan. Naglalang ang Diyos na may isang layunin. Na ang layunin ay pakikisama sa mga nilalang na ginawa sa Kaniyang larawan na nagpapakilala ng Kaniyang katangian. Ang mundo ay may pananagutan sa isang etikal, moral na Diyos. Gayunman, ang maling akala ng walang katapusang panahon at ang kaayusan ng kalikasan ay nagdulot sa mga bulaang guro na itanggi ang kapahayagan ng Banal na Kasulatan, mga salita ni Hesus, at pang-Apostol na pangangaral. Ang pantaong kasaysayan at pansariling tagal ng buhay ay sapat na ang haba upang pahupain ang mga tao sa isang bulaang pagkaunawa ng kompyansa sa "ang kinabukasan ay katulad din ngayon"!

**3:5**
**NASB "sadyang nililimot nila"**
**NKJV "kinusa nilang nilimos"**
**NRSV, NJB "sadya nilang pinabayaan"**
**TEV "kinusa nilang pabayaan"**

Ang terminong ito ay may kahulugan ng paglimot ng anumang bagay o pagtago ng anumang bagay; samakatuwid, ang layunin ng hangarin ay kasama ng termino (cf. 1:9; 3:5,8). Ang mga bulaang guro "ay maluwag na kinalimutan" o "piniling ipagsawalang-bahala" ang pakikialam ng Diyos sa Kaniyang nilikha at Kaniyang isinaad na layunin pananagutan ng lahat ng nilalang (i.e., kahatulan).

▣ **"sa pamamagitan ng salita ng Diyos"** Ito ay paglilikha sa pamamagitan ng isinawikang salita (cf. Genesis 1:3,6,8,14, 20, 24). Iyon ay tinatawag sa teolohiya sa terminong Latin na "fiat," na nangangahulugang "sa pamamagitan ng isinawikang salita," tingnan si John L. Walter, *The Lost World of Genesis One*, kung saan kaniyang ipinapahayag na ang Genesis 1 ay hindi ang paglalang ng mga bagay, ngunit isang gumaganap na sanlibutan. Ang mga Nostikong bulaang guro ay itinatanggi ang isang banal na Diyos ay maaaring mag-anyo, na mas kakaunti, maglalang ng makasalanan, umiral kasama ang mga bagay.

▣
**NASB, TEV "isang lupang inanyuan sa tubig at sa gitna ng tubig"**
**NKJV "ang lupa ay inilabas ng tubig at sa tubig"**
**NRSV "at lupa ay binuo sa tubig at sa pamamagitan ng tubig"**
**NJB "ang lupa ay binuo sa pamamagitan ng salitang Diyos mula sa tubig at sa pagitan ng mga tubig"**

Ang tubig ay isang mahalagang sangkap sa Genesis 1:2 ("ang kalaliman" at "ang mga tubig"). Iyon ay hindi binanggit bilang tiyakang isinawika sa pag-iral. Ang Griyegong PANG-UKOL "sa pamamagitan ng" (*dia*) tubig ay maaaring mangahulugang "sa pagitan ng," "pinalibutan," "sa gitna ng," "pagkilos ng," o "pinananatili ng" (cf. Mga Awit 24:2; 136:6). Ang pariralang ito ay tumutukoy sa Genesis 1:2; 1:6; o 1:9.

**3:6 "ang sanlibutan ay napahamak"** Ito ay tumutukoy sa baha ni Noe (cf. Genesis 6-8). Aking isinama ang isang maikling tala mula sa aking komentaryo sa Genesis 1-11.

> **GENESIS**
> "Mayroong naging ilang mga haka-haka na ang terminong ito (BDB 550) ay may kaugnayan sa Assyrian termino "na wasakin." Ang pagbaha ba sa panahon ni Noe ay pangbuong mundo o tanging sa sinaunang ancient Near East lang? Ang terminong "mundo" (eres) ay madalas na isinalin sa "lupain" sa lokal na pakahulugan (cf. Genesis 41:57). Kung ang mga tayo ay hindi kumalat

sa lahat ng bahagi ng mundo na tiyak na ipinahiwatig sa karanasan sa Babel ng mga kabanata 10-11, magkagayon ang lokal na pagbaha ang gumawa ng trabaho. Ang pinamahusay na aklat na aking narinig patungkol sa rasyonal na katibayan para sa isang lokal na pagbaha ay kay Bernard Ramm, *The Christian View of Science and Scriptures*." (p. 62).

**3:7**
**NASB "sa pamamagitan ng salita"**
**NKJV, NRSV "sa pamamagitan ng parehong salita"**
**TEV "sa pamamagitan ng parehong utos"**
**NJB "iyon ay ang katulad na salita"**

Habang ang Diyos ay lumikha sa pamamagitan ng isinawikang salita at naghahari sa pamamagitan ng salita (i.e., Kristo, cf. Juan 1:1), tayo ay ipinanganak muli sa pamamagitan ng pamumuhay at namamalagi sa Salita ng Diyos (I Pedro 1:23). Siya rin ay maglilinis sa pamamagitan ng isinawikang salita (i.e., flood kahatulan, apoy kahatulan). Ang talinghaga ni Hesus sa Pahayag 19:15 bilang may dalawang-talim na tabak mula sa Kaniyang bibig ay isa pang paraan sa pagpapahayag ng parehong katotohanan.

▣ **"ang sangkalangitan ngayon, at ang lupa ay iningatang talaga sa apoy"** Ito ay isang PAIKOT-IKOT NA GANAP NA BALINTIYAK NA PANDIWARI, na nagpapahayag ng anumang bagay na nangyari na. Dito, iyon ay ginamit sa propetikong kaunawaan ng katiyakan ng isang panghinaharap na pangyayari batay sa napagkakatiwaang salita ng Diyos. Ang buong konteksto ay nagbibigay-diin sa kapangyarihan at pagiging-una ng salita ng Diyos (cf. 1:19; 3:5,7; I Pedro 1:23; 2:8; 3:1).

Ang kahatulang ito sa pamamagitan ng apoy ay nagmula sa OT sa dalawang kaunawaan: (1) ang Mga Awit ay nagpapahayag ng apoy na nagmula sa Panginoon (cf. 18:8; 50:3; 97:3) o (2) ang mga kahatulan ni YHWH sa mga paglalagalag sa ilang (cf. Levitico 10:2; Bilang 11:1-3; 16:35; 26:10) o eskatolohiko (cf. Daniel 7:10; Isaias 30:27,30,33).

Ang apoy ay kadalasang ay sinasamahan ng presensiya ni YHWH sa OT. Ito ay maaaring maiugnya sa (1) Diyos bilang isang kinatawan ng kaalaman at kapahayagan (liwanag); (2) Diyos bilang isang naglilinis na kinatawan; o (3) Diyos bilang isang hukom (i.e., nagwawasak na kinatawan).

## NATATANGING PAKSA: APOY (FIRE)

Ang apoy ay mayroong parehong positibo at negatibo mga konotasyon sa Kasulatan.

A. Positibo
   1. nagpapainit (cf. Isaias 44:15; Juan 18:18)
   2. nagbibigay liwanag (cf. Isaias 50:11; Mateo 25:1-13)
   3. nakakaluto (cf. Exodo 12:8; Isaias 44:15-16; Juan 21:9)
   4. nagpapadalisay (cf. Bilang 31:22-23; Kawikaan 17:3; Isaias 1:25; 6:6-8; Jeremias 6:29; Malakias 3:2-3)
   5. kabanalan (cf. Genesis 15:17; Exodo 3:2; 19:18; Ezekiel 1:27; Hebreo 12
   6. pangunguna ng Diyos (cf. Exodo 13:21; Bilang 14:14; I Hari 18:24)
   7. pagpapalakas ng Diyos (cf. Mga Gawa 2:3)
   8. Proteksyon (cf. Zacarias 2:5)

B. Negatibo
   1. nagsusunog (cf. Joshue 6:24; 8:8; 11:11; Mateo 22:7)
   2. sumisira (cf. Genesis 19:24; Levitico 10:1-2)
   3. galit (cf. Bilang 21:28; Isaias 10:16; Zacarias 12:6)
   4. kaparusahan (cf. Genesis 38:24; Levitico 20:14; 21:9; Joshue 7:15)
   5. huwad na eskatolohikal na tanda (cf. Pahayag 13:13)

C. Ang galit ng Diyos laban sa kasalanan ay ipinapakita sa apoy na mga metapora
   1. Ang Kanyang galit ay nakakasunog (cf. Osea 8:5; Zepanias 3:8)
   2. Siya ay nagbubuhos ng apoy (cf. Nahum 1:6)
   3. walang hanggang apoy (cf. Jeremias 15:14; 17:4)
   4. eskatolohikal na paghahatol (cf. Mateo 3:10; 13:40; Juan 15:6; II taga-Thesalonica 1:7; II Pedro 3:7-10; Pahayag 8:7; 16:8; 20:14-15)

D. Ang apoy ay kadalasang makikita sa mga pagpapakita ng Diyos
   1. Genesis 15:17
   2. Exodo 3:2
   3. Exodo 19:18
   4. Mga Awit 18:7-15; 29:7
   5. Ezekiel 1:4, 27; 10:2
   6. Mga Hebreo 1:7; 12:29

E. Gaya ng maraming mga talinghaga sa Bibliya (i.e., lebadura, leon) ang apoy ay maaring pagpapala o isang sumpa depende sa konteksto.

■ **"itinataan sa araw ng paghuhukom. . . sa mga taong masama"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA PANDIWARI. Kapwa II Pedro 2 at Hudas ay nagbibigay-diin na ang masasamang anghel at masasamang tao ay nanatili para sa isang araw ng pagbibigay-sulit. Ang lahat ng mga may-malay tao (cf. taga-Filipos 2:9-11), isang araw, ay magbibigay sulit bilang katiwala ng kaloob ng buhay (cf. taga-Galacia 6:7).

Ang eskatolohikong araw ay isang panahon ng kahatulan para sa hindi maka-Diyos, ngunit isang panahon ng dakilang pagbibigay gantimpala para sa mga mananampalataya. Ang inuusig na iglesiya ay kailangang tandaan na isang araw, ang Diyos ay itatakdang tama ang lahat ng mga bagay!

■ **"paglipol"** Nakuha nating ang salitang Ingles na Apollyon mula sa salitang ito (cf. Pahayag 9:11).

**TEKSTO SA NASB (BINAGO): 3:8-10**

**[8]Datapuwat huwag ninyong hayaan na makawala sa inyong pansin, mga minamahal, ang katotohanang ito, na ang isang araw sa Panginoon ay katulad ng isang libong taon, at ang isang libong taon ay katulad ng isang araw. [9]Hindi mapagpaliban ang Panginoon tungkol sa kaniyang pangako, na gaya ng pagpapalibang ipinalalagay ng iba; kundi mapagpahinuhod sa inyo, na hindi niya ibig na sinoman ay mapahamak, kundi ang lahat ay magsipagsisi. [10]Datapuwat darating ang araw ng Panginoon na gaya ng magnanakaw; na ang sangkalangitan sa araw na iyan ay mapaparam na kasabay ng malaking ugong, at ang mga bagay sa langit ay mapupugnaw sa matinding init, at ang lupa at ang mga gawang nasa lupa ay pawang masusunog.**

**3:8**
**NASB "huwag ninyong hayaan na makawala sa inyong pansin ang katotohanang ito"**
**NKJV "huwag ninyong kalimutan ang isang bagay na ito"**
**NRSV "huwag niyong kalimutan ang katotohanan"**
**TEV "huwag kalimutan ang isang bagay"**
**NJB "mayroong isang bagay. . .hindi niyo dapat makalimutan"**

Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PAUTOS na may isang SALUNGAT NA KATAGA, na kadalasang nagpapahiwatig na "ihinto ang isang pagkilos na nasa proseso." Dahil sa pag-uusig (cf. I Pedro) at mga bulaang guro (cf. II Pedro) ang mga mananampalataya ay nagsimulang mag-usisa sa katapatan ng biblikal na mga eskatolohikong pangyayari.

■ **"isang araw ay katulad ng isang libong taon"** Ito ay isang pagkabanggit sa Mga Awit 90:4. Iyon ay nagpapahayag ng katotohanan na ang panahon ay hindi isang sangkap sa isang walang-hangang Diyos. Tanging ang Kaniyang mga nilikha lamang ang nakakaranas ng nakalipas, kasalukuyan, at panghinaharap. Tayo ay tinatakdaan ng panahon, may kamalayan sa panahon. Ang mga mananampalataya ay kailangang hawakan ang katotohanan sa kunga ano ang ipinangako ng Diyos, gagawin ng Diyos (cf. I Mga Hari 8:24,26,56). Tayo ay nagtitiwala sa Kaniyang katangian, Kaniyang mga pangako, Kaniyang salita, at Kaniyang Anak! Ang panahon ay hindi nauukol bagaman gumagamit ang Diyos ng panahon para sa Kaniyang pagbubunyag ng mga layunin.

Ang unang salin-lahi ng mga mananampalataya ay inaasahan na si Hesus ay madaling babalik (cf. Marcos 13:30). Ito ay isang dahilan bakit hindi nila isinulat ang mga salita at mga gawa ni Hesus (ang mga Ebanghelyo) sa maraming taon. Ngunit may nagpapatuloy na pagliban

1. ang mga saksi ay nagsimulang mamatay
2. mga bulaang guro ay nagsimula ng mga pangkat o paksyon
3. ang ilang ay nagsimulang magtaka kung bakit

Kapwa sina Pablo (cf. II taga-Thesalonica 2) at Pedro (cf. II Pedro 3) ay ipinapahayag ang paksang ito ng naantalang Ikalawang Pagparito. Kahit na ang mga katuruan ni Hesus ay mayroong isang pag-iigting sa pagitan ng ang nalalapit na pagbabalik (cf. Mateo 10:23; 24:27,34,44; Marcos 9:1; 13:30) at "ilang mga pangyayari ay kailangan munang mangyari"

1. ang pagbabalik ng pag-e-ebanghelyong laganap sa buong mundo, cf. Mateo 24:15; Marcos 13:10
2. ang kapahayagan ng "tao ng kasalanan," cf. Mateo 24:15; II taga-Thesalonica 2; Pahayag 13
3. ang dakilang pag-uusig, cf. Mateo 24:21,24; Pahayag 13

Si Pedro ay natatanging inuugnay ang pagkaantala sa kahabagan ng Diyos para sa makasalanan! Inaantala ng Diyos ang pagbabalik ni Kristo upang mas maraming magsisi at lumapit sa Kaniya sa pamamagitan ni Kristo. Ang mga maka-Diyos na pamumuhay ng mga mananampalataya ay upang ituro ang mga di-mananampalataya patungo sa Diyos!

**3:9 "Hindi mapagpaliban ang Panginoon"** Ang paggamit nito ng "ang Panginoon" ay kailangang tumutukoy kay YHWH. Ang pagsasakatuparan ng plano ng Diyos (cf. Habakkuk 2:3) sa paglalang at katubusan ay tila lubhang mabagal sa mga tao. Ang sangkap ng panahon ay nagpapahintulot sa atin na gumanap ng pagtitiwala sa loob ng panahon. Ang yugtong ito ng ating mga buhay ay ang tanging panahon na ang mga mananampalataya ay mabubuhay sa pananampalataya, na nakakalugod sa Diyos. Ang ating pagtitiis at maka-Diyos na pamumuhay ay mga kapahayagan at katibayan ng ating pananampalataya/natitiwalang pangako sa Kaniya.

■ **"kundi mapagpahinuhod sa inyo"** Isa sa mga katangian ng Diyos ay Kaniyang patiyagang pagtitiis patungo sa

kapwa mga makasalanan at mga binanal. Gayunman, ang kaniyang pagtitiyaga ay may pakinabang sa kapwa mga pangkat. Ang kaniyang pagtitiyaga ay may isang layunin, ang pagpapanumbalik ng ang larawang narawa sa Pagbagsak.

▣ **"hindi niya ibig na sinoman ay mapahamak"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG (deponent) PANDIWARI. Ninanais ng Diyos na ang lahat ng mga tao ay maligtas (cf. Ezekiel 18:23,32; 33:11; Juan 3:16; 4:42; Mga Gawa 17:30; taga-Roma 11:32; I Timoteo 2:4,6; 4:10; Tito 2:11; Mga Hebreo 2:9; I Juan 2:2). Dahil ang lahat ng mga tao ay ginawa sa Kaniyang larawan para sa personal na pakikisama, isinugo Niya ang Kaniyang Anak upang ang lahat ay maaaring tumugon sa Kaniya (cf. taga-Roma 5:12- 21). Ito ay isang mahalagang pagtitimbang sa teolohikong sistema na pangunahin sa lugar ng Diyos nsa kaligtasan, ngunit binabawasan ang kinikailangan ng sangkatauhan sa pangkasunduang pagtugon. Isinama ko ang aking mga tala mula sa I Timoteo 2:4 (tomo 9, p. 25) patungkol sa paksang ito.

**Mga tala mula sa aking komentaryo sa I TIMOTEO 2:4**

**2:4 "na siyang may ibig na ang lahat ng mga tao'y mangaligtas"** Ang mga mananampalataya ay dapat na manalangin para sa lahat ng tayo dahil ninanais ng Diyos na maligtas ang lahat ng tao. Ito ay isang nakakagulat na pahayag sa pagtatangi ng mga bulaang guro, maging Nostiko o Hudyo o, mas maaaring sa mga sulat pastoral, isang pagsasama. Ito ay ang dakilang katotohanan tungkol sa pag-ibig ng Diyos para sa lahat ng sangkatauhan (cf. Ezekiel 18:23,32; 33:11; Juan 3:16; Mga Gawa 17:30; taga-Roma 11:22; I Timoteo 2:4,6; 4:10; Tito 2:11; Mga Hebreo 2:9; II Pedro 3:9; I Juan 2:2). Ang talatang ito ay nagpapakita ng kawalang pagtitimbang ng dogmatiko, *super-lapsarian,* dalawahang predestinasyon na na nagbibigay-diin sa kapangyarihan ng Diyos sa pagtatangi ng anumang pangangailangan sa pantaong pagtugon. Ang mga pinahayag na katotohanan ng "limang punto" ng Calvinismo, lalo na ang "di-mapipigilang biyaya" at "may hangganang katubusan" ay lumalabag sa kasunduang aspeto ng biblikal na pananampalataya. Iyon ay di-wasto sa pagbabawas ng Diyos sa isang papet ng malayang pagpili ng tao, na iyon ay gayundin ang di-wasto sa pagbabawas ng sangkatauhan sa isang papet ng maka-Diyos na kalooban. Ang Diyos sa Kaniyang pagiging soberano ay piniling makitungo sa nalugmok na sangkatauhan sa pamamagitan ng kasunduan. Siya ay palaging nagpapasimula at nagbabalangkas ng kasunduan (cf. Juan 6:44,65), ngunit Siya ay kautusan sa mga tao na kailangang tumugon at magpatuloy sa pagtugon sa pagsisisi ng kasalanan at pananampalataya (cf. Marcos 1:15; Mga Gawa 3:16,19; 20:21), gayundin pagsunod at pagtitiis!

Kadalasan ang teolohikong pagtalakay ng pagiging soberano ng Diyos (predestinasyon) at malayang pagpili ng tao ay lumalala sa isang paligsahan ng pagpapatunay-talata. Ang Bibliya ay maliwanag na inihahayag ang pagiging soberano ni YHWH. Gayunman, iyon din ay inihahayag na Kaniyang pinakamataas na nilikha, ang sangkatauhan, na gawa sa Kaniyang larawan, ay binigyan ng nakamamanghang personal na katangian ng paggawa ng moral na kapasyahan. Ang mga tao ay kailangang makipagtulungan sa Diyos sa bawat bahagi ng buhay.

Ang terminong "marami" ay ginagamit upang ipahayag na ang Diyos ay may piniling ilan (ang hinirang) ngunit hindi lahat; na si Hesus ay namatay para sa ilan, hindi sa lahat. Isang maingat na pagbasa ng sumusunod na mga teksto ay nagpapakita ang mga ito ay ginamit sa isang kaagapay na kaunawaan!

**Isaias 53**
1. "lahat" (v. 6)
2. "marami" (vv. 11-12)

**taga-Roma 5**
1. "lahat" (v. 18)
2. "marami" (v. 19)

## NATATANGING PAKSA: WALANG HANGGANG PLANO NG KATUBUSAN NI YHWH (YHWH'S ETERNAL REDEMPTIVE PLAN)

Dapat kong aminin sa inyo, mga mambabasa na ako ay kinikilingan sa puntong ito. Ang aking sistematikong teolohiya ay hindi Calvinismo o Dispensesyonalismo, ngunit ito ay Dakilang Komisyong ebandyelikalismo (cf. Mateo 28:18-20; Lucas 24:46-47; Mga Gawa 1:8). Naniniwalang akong ang Diyos ay may isang walang hanggang plano para sa katubusan ng lahat ng sangkatauhan (e.g., Genesis 3:15; 12:3; Exodo 19:5- 6; Jeremias 31:31-34; Ezekiel 18; 36:22-39; Mga Gawa 2:23; 3:18; 4:28; 13:29; taga-Roma 3:9-18,19-20,21-31), lahat ng sa kanilang nilikha sa Kanyang larawan at wangis (cf. Genesis 1:26-27). Ang mga kasunduan ay nagkakaisa kay Kristo (cf. taga-Galacia 3:28-29; taga-Colosas 3:11). Si Hesus ang hiwaga ng Diyos, itinago ngunit ngayon ay inihayag na (cf. taga-Efeso 2:11-3:13)! Ang ebanghelyo ng NT, hindi Israel, ang susi sa Banal na Kasulatan.

Ang pagkakaunawalang ito ang nagbibigay-kulay sa aking mga pagbibigay-kahulugan ng Banal na Kasulatan. Binabasa ko ang lahat ng mga teksto sa pamamagitan nito! Ito ay tiyak na isang pagkiling (lahat ng mga tagapagpaliwanag ay mayroon nito!), ngunit ito ay isang pagpapalagay na may kabatiran mula sa Banal na Kasulatan.

Ang pagtuon ng Genesis 1-2 ay ang paglalang ni YHWH ng isang lugar na Siya at ang Kanyang pinakamataas na nilikha, ang sangkatauhan, ay magkakasama (cf. Genesis 1:26,27; 3:8). Ang pisikal na paglilikha ay isang yugto para sa ganitong interpersonal na banal na adyenda.

1. Si Augustino ay inilarawan ito bilang isang butas na hinugis ng Diyos sa bawat tao na maaaring punuin lamang ng Diyos mismo.
2. Si C. S. Lewis ay tinawag ang planetang ito na "ang hinipong planeta," (i.e., inihanda ng Diyos para sa mga tao).

Ang OT ay mayroong maraming mga pahiwatig para sa banal na adyenda.

1. Ang Genesis 3:15 ay ang unang pangako na si YHWH na hindi pababayan ang sangkatauhan sa napakahirap na gusot ng kasalanan at paghihimagsik. Ito ay hindi tumutukoy sa Israel dahil wala pang Israel, o mga pangkasuduang bayan, hanggang sa pagtawag kay Abraham sa Genesis 12.
2. Ang Genesis 12:1-3 ay ang panimulang pagtawag at kapahayagan ni YHWH kay Abraham na magiging pangkasuduang bayan, ang Israel. Ngunit kahit na sa panimulang pagtawag na ito, Diyos ay may isang mata sa buong mundo. Pansinin ang talata 3!
3. Sa Exodo 20 (Deuteronomio 5) ipinagkaloob ni YHWH ang Kanyang kautusan kay Moises upang gabayan ang Kanyang mga natatanging tao.
   Pansinin na sa Exodo 19:5-6, inihayag ni YHWH kay Moises ang walang-katulad na pakikipag-ugnayan na tataglayin ng Israel. Ngunit pansinin din na sila ay pinili, tulad ni Abraham, upang pagpalain ang mundo (cf. Exodo 19:5, "dahil ang lahat ng sa mundo ay Akin"). Ang Israel ay magiging mekanismo (kaparaanan) para sa mga bansa makilala si YHWH at maakit sa Kaniya. Sila ay kalunos-lunos na nabigo (cf. Ezekiel 36:27-38).
4. Sa Awit – 22:27-28; 66:4; 86:9 (Pahayag 15:4)
5. Sa pamamagitan ng mga propeta, si YHWH nagpatuloy na inihayag ang Kanyang pangkala-hatang plano sa katubusan.
   a. Isaias – 2:2-4; 12:4-5; 25:6-9; 42:6,10-12; 45:22; 49:5-6; 51:4-5; 56:6-8; 60:1-3; 66:18,23
   b. Jeremias – 3:27; 4:2; 12:15-16; 16:19
   c. Mikas 4:1-3
   d. Malakias 1:11

Ang pangkalahatang pagbibigay-diin ay pinadali ng paglitaw ng "bagong kasunduan" (cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:22-38) na tumutuon sa kahabagan ni YHWH, hindi sa pagsasakatuparan ng mga nalugmok na sangkatauhan. Mayroong isang "bagong puso," isang "bagong isipan," at isang "bagong espiritu." Ang pagsunod ay napakahalaga ngunit ito ay panloob, hindi isang walang hanggang kodigo lamang (cf. taga-Roma 3:21-31).

Ang NT ay maliwanag na pinapatibay ang pangkalahatang plano ng katubusan sa maraming paraan.

1. Ang Dakilang Komisyon – Mateo 28:18-20; Lucas 24:46-47; Mga Gawa 1:8
2. Isang walang-hanggang plano ng Diyos (i.e., itinalaga) – Lucas 22:22; Mga Gawa 2:23; 3:18; 4:28; 13:29
3. Nais ng Diyos na ang lahat ng mga tao ay maligtas – Juan 3:16; 4:42; Mga Gawa 10:34-35; 1 Timoteo 2:4-6; Tito 2:11; 2 Pedro 3:9; 1 Juan 2:2; 4:14
4. Pinagkakaisa ni Kristo ang OT at NT – taga-Galacia 3:28-29; taga-Efeso 2:11-3:13; taga-Colosas 3:11. Ang lahat ng pantaong mga hadlang at mga pagkakaiba ay inalis sa kay Kristo. Si Hesus ay ang "hiwaga ng Diyos," ikinubli ngunit ngayon ay inihayag na (taga-Efeso 2:11-3:13).

Ang NT ay tumutuon kay Hesus, hindi sa Israel. Ang ebanghelyo, hindi isang pagkamamamayan o heograpikong lugar, ay sentro. Ang Israel ay ang unang kapahayagan ngunit si Hesus ay ang pangunahing kapahayagan (cf. Mateo 5:17-48).

Ako ay umaasa na maglalaan ka sandali na basahin ang Natatanging Paksa: Bakit Tila Naiiba ang mga Pangkasunduang Pangako sa OT sa Mga Pangkasunduang Pangako sa NT. Mahahanap mo ito sa internet sa www.freebiblecommentary.org.

▣ **"kundi ang lahat ay magsipagsisi"** Pansining ang pagbibigay-diin sa "lahat," hindi lamang "ilan" (i.e., pinili). Ang bawat is ay maaaring pinili kay Kristo. Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagsisisi ng Kasalanan: Marcos 1:4.

**3:10 "darating ang araw ng Panginoon na gaya ng magnanakaw"** Ang pariralang ito "ang araw ng Panginoon" ay isang OT parirala para sa wakas ng panahon. Ang mga magnanakaw ay kadalasang ginamit bilang isang talinghaga para sa isang di-inaasahang pagdalaw (cf. Mateo 24:43-44; Lucas 12:39; I taga-Thesalonica 5:2; Pahayag 3:3; 16:15) mula sa Diyos (i.e., Araw ng Paghuhukom/Ikalawang Pagparito/Araw ng Muling Pagkabuhay).

▣ **"ang sangkalangitan ay mapaparam"** Ito ay isang inuulit na paksa (i.e., pisikal na paglalang ay lilipas, ngunit hindi ang salita ng Diyos, cf. Marcos 13:31; Mateo 5:18; 24:35) na naglalarawan ng pagiging pansamantala at hangganan ng pisikal na paglikha (cf. Pahayag 21:1).

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NJB** | **"kasabay ng malaking ugong"** |
| **NKJV** | **"na may malakas na ingay"** |
| **NRSV** | **"kasama ang malakas na tunog"** |
| **TEV** | **"na may isang matinis na sigaw"** |

Ang salitang ito ay may ang kahulugan ng isang humuhuning tunog ng anumang bagay na kumikilos nang mabilis sa pamamagitan ng hangin. Ang kalubusan at paglilinis ng bagong panahon ay darating kasama ang isang tunog at apoy na halos tulad ng pagpapasinaya ng bagong panahon sa Pentecost (cf. Mga Gawa 2:2-3).

▣ **"ang mga bagay"** Karamihan ng mga salita ay lumago mula sa isang literal, pisikal na kaunawaan na isang matalinghagang pagdurugtong. Ang terminong ito (*stoicheia*) sa orihinal ay tumutukoy sa anumang bagay sa isang linya, isang kalipunan. Iyon ay lumago sa maraming kahulugan:

1. Ang saligang pisikal na binubuong mga sangkap ng mundo (hangin, tubig, lupa, at apoy, cf. II Pedro 3:10, 12).
2. Ang saligang mga katuruan ng isang baksa (cf. Mga Hebreo 5:12; 6:1 para sa Judaismo).
3. Ang mga kapangyarihan ng anghel sa likod ng mga bagay sa kalangitan (cf. I Enoch 52:8-9; ang sinaunang mga ama ng iglesiya; taga-Colosas 2:8, 20; I taga-Corinto 15:24) o ang pang-anghel na mga antas (a*eons*) ng mga Nostikong bulaang guro (cf. taga-Colosas 2:10, 15; taga-Efeso 3:10).
4. Ang pagsalungat ng mga anghel sa sangkatauhan na sinusubukang ihinto ang pagkakaloob ng Kautusan ni Moises (cf. Mga Gawa 7:38; Mga Hebreo 2:2).
5. Marahil ang di-personal na kayarian ng ating nalugmok na mundo na nagpapahintulot sa nalugmok na sangkatauhan sa nagmumukhang nagsasarili mula sa Diyos (edukasyon, pamahalaan, medisina, relihiyon, atbp., cf. taga-Galacia 4:3, 8-9 at Hendrik Berkhof, *Christ and the Powers* ng Herald Press, p. 32).

▣ **"sa matinding init"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK NA PANDIWARI na nagpapahiwatig sa Diyos bilang isang di-pinangalanang kinatawan. Ito ay isang terminong medikal na pakahulugan sa labis na lagnat.

▣

**NASB "ang lupa at ang mga gawang nasa lupa ay pawang masusunog"**
**NKJV "ang lupa at ang mga gawa nito ay masusunog"**
**NRSV "ang lupa at lahat ng bagay na ginawa dito ay mabubunyag"**
**TEV "ang lupa kasama ng lahat ng bagay dito ay maglalaho"**
**NJB "ang lupa at lahat ng bagay na nilalaman nito ay masusunog"**

Mayroong maraming Griyegong manuskritong kaibahan sa pariralang ito.

1. "matutuklasan" (cf. MSS א, B, K, P)
2. "matatagpuan nawasak" (cf. MS $P^{72}$)
3. "masusunog" (cf. MS A)
4. "matatago" (cf. MS C)

Walang katiyakan sa orihinal na Griyegong teksto, o kahit na ang maaaring totoo, sa salin ng pariralang ito.

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 3:11-13

**[11]Yamang ang lahat ng mga bagay na ito ay mapupugnaw ng ganito, ano ngang anyo ng mga pagkatao ang nararapat sa inyo sa banal na pamumuhay at pagkamaawain, [12]Na ating hinihintay at pinakananasa ang pagdating ng kaarawan ng Diyos, na dahil dito'y ang sangkalangitan na nagniningas ay mapupugnaw, at ang mga bagay sa langit ay matutunaw sa matinding init? [13]Ngunit, ayon sa kaniyang pangako, ay naghihintay tayo ng bagong langit at ng bagong lupa, na tinatahanan ng katuwiran.**

**3:11 "ano ngang anyo ng mga pagkatao ang nararapat sa inyo"** Ang mga bulaang guro ay hindi binibigyang-diin ang moralidad at pamumuhay sa kabanalan, kaya si Pedro ay nagpapatuloy na manindigan sa mga bagay na ito.

▣ **"sa banal na pamumuhay at pagkamaawain"** Ang terminong "kabanalan" ay isang mahalagang konsepto sa II Pedro na gaya ng makikita sa Mga Sulat Pastoral. Inuulit ko ang aking mga tala mula sa I Timoteo 4:7 (cf. Vol. 9, p. 53). Ang II Pedro ay gumagamit ng PANGNGALAN sa 1:3,6,7 at 3:11 at ang PANG-ABAY sa 2:9.

**Mga tala mula sa aking komentaryo sa I TIMOTEO**

▣ **"kabanalan"** Ito ay isang kinasasalayang termino sa Mga Sulat Pastoral. Iyon ay tumutukoy sa mga kahihinatnang pangdoktrina at pang-araw-araw na pamumuhay ng ebanghelyo (cf. 3:16). Iyon ay hindi naglalarawan ng katangi-tangi, ngunit ang inaasahan. Iyon ay isang tambalang termino mula sa "mabuti" (*eu*) at "pagsamba" (*sebomai*). Ang tunay na pagsamba ay pang-araw-araw na pamumuhay sa pamamagitan ng wastong pag-iisip (cf. 4:16a). Pansinin kung ilang beses ginamit ang salitang ito sa Mga Sulat Pastoral:

1. Pangngalan (*eusebeia*), I Timoteo 2:2; 3:16; 4:7,8; 6:3,5,6,11; II Timoteo 3:5; Tito 1:1
2. Pang-abay (*eusebēs*), II Timoteo 3:12; Tito 2:12
3. Pandiwa (*eusebeō*), I Timoteo 5:4
4. Ang kaugnay na termino *theosebeia*, I Timoteo 2:10
5. Ang salungat na termino (ALPHA PRIVATIVE, i.e., *asebeia*), II Timoteo 2:16; Tito 2:12

**3:12**
**NASB, NKJV "ating hinihintay at pinakananasa ang pagdating ng kaarawan ng Diyos"**
**NRSV "naghihintay at inaasahan ang pagdating ng araw ng Diyos"**

**TEV** **"habang naghihintay ka para sa Araw ng Diyos at gawin mo ang pinakamabuti upang mangyari ito"**
**NJB** **"habang naghihintay ka para sa Araw ng Diyos na dumating, at sumukang padaliin ang pagdating"**

Ang mga ito ay kapwa PANGKASALUKUYANG GANAP NA MGA PANDIWARI, na naglalarawan ng dalawang mga aspeto na kaugnay sa Ikalawang Pagparito, na dito ay natatanging tinatawag na "ang araw ng Diyos." Ang unang termino sa karaniwan ay nangangahulugang "tumingin nang may paghihintay" (cf. Mga Gawa 3:5; 10:24) o "maghintay na may bagabag" (cf. Lucas 21:26; Mga Gawa 27:33; 28:6). Iyon ay ginamit nang tatlong beses sa II Pedro 3:12,13, at 14. Ang mga mananampalataya ay naghihintay na may pag-asam, ngunit mga di-mananampalataya ay natatakot sa araw na ito nag pagbibigay-sulit.

Ang ikalawang termino ay may dalawang kaunawang kaugnay sa gramatikong balangkas kung saan ito ay makikita:

1. Kung iyon ay isang PANDIWANG PALIPAT (i.e., inililipat ang pagkilos sa isang TUWIRANG LAYON) iyon ay nangangahulugang "himukin," "maging masigasig sa" (cf. ang mga talababa ng NRSV, ASV, NEB, NIV, Peshitta, at New Century Version, katulad sa kahulugan sa *maranatha* ng sinaunang iglesiya).
2. Kung iyon ay isang DI-PALIPAT gramatikong kayarian (i.e., iyon ay naglalarawan isang kalalagayan ng pairal o tumutuon sa kinatawan ng pagkilos) na nangangahulugang "madaliin" (cf. Lucas 19:5; Mga Gawa 22:18). Ang teolohiya ng pagkilos ng mga mananampalataya na nagpapadali sa pagdating ng Panginoon ay matatagpuan sa Mateo 6:10 (panalangin) at Mga Gawa 3:19-20 (pagbabagong-buhay); taga-Roma 9-11 (lubos na bilang ng mga Hentil at mga Hudyo ay naligtas). Sa kontekstong ito ang maka-Diyos na pamumuhay ng mga mananampalataya ay hinihimok ng isang nalalapit na eskatolohikong pag-asa.

Ito ay isang mahirap na pahayag dahil saating makabagong kaisipan na pinapababa ang kabalintunaan. Ang Diyos ay makapangyariha at nagtakda ng petsa para sa pagbabalik ni Kristo, ngunit ang mga pagkilos ng mga mananampalataya (i.e., panalangin, pagsasaksi, kabanalan) ay maaaring baguhin ang petysa (i.e., mas maaga o mas huli). Ito ay ang pangkasunduang aspeto ng biblikal na katotohanan na lubhang nagpapalito sa makabagong kanluranin mga tao. Ang Diyos ay naaapektuhan ng Kaniyang mga anak (kapwa pasalungat at paayon)! Gayunman, ang katotohanang ito ang dahilan kung bakit mabisa ang panalangin.

▣ **"dahil dito'y ang sangkalangitan na nagniningas ay mapupugnaw, at ang mga bagay sa langit ay matutunaw sa matinding init"** Ang pagpapaliwanag na tanong ay, "Ang mga pagkabanggit ba ay literal o apokaliptiko?" Ang mga pahayag na ito ng uring OT ay lubhang karaniwan sa Isaias 10:10-13; 34:4; 51:6; Joel 2:28-32; Mikas 1:4. Ang kontekstong ito ay tumutukoy nang maraming beses sa pisikal na kaharian ng panahon at kalawakan na magtatapos na may kaugnayan sa init. Ang paglilinis na ito ay nagtatakda ng espirituwal na kalagayan para sa bagong mga langit at ang bagong mundo. Sila ba ay pisikal (ipinanumbalik na Eden) o espirituwal(cf. I taga-Corinto 15:35-58)? Iyon ay mahirap ilarawan sa pangwakas at espirituwal na mga katotohanan sa termino ng pangmundong tao. Ang katotohanan ay hindi naaapektuhan ng genre!

**3:13 "Ngunit, ayon sa kaniyang pangako"** (cf. Isaias 65:17-25; 66:22-24)

▣ **"bagong langit at ng bagong lupa"** (cf. Isaias 11:6-9; 65:17; 66:22; Pahayag 21:1-27)

▣ **"na tinatahanan ng katuwiran"** Ang Diyos ay nagnanais ng isang kalalagayan at isang bayan na magiging bagay sa Kaniyang sariling katangian (cf. Isaias 45:24-25). Isang banal na Diyos na humihingi ng isang banal na bayan (cf. Isaias 60:12; Mateo 5:48). Iyon ay ang bagong paglilikha dahil iyon ay pinag-iiba sa nalugmok na nilikha (cf. Genesis 3).

## TEKSTO SA NASB (BINAGO): 3:14-18

**[14]Kaya nga, mga minamahal, yamang kayo ay nagsisipaghintay ng mga bagay na ito, ay pagsikapan ninyong masumpungan kayo sa kapayapaan, na walang dungis at walang kapintasan sa paningin niya. [15]At inyong ariin na ang pagpapahinuhod ng ating Panginoon ay pagliligtas; na gaya rin naman ni Pablo, na ating minamahal na kapatid, na ayon sa karunungang ibinigay sa kaniya, ay sinulatan kayo; [16]Gayon din naman sa lahat ng kaniyang mga sulat, na doon ay sinasalita ang mga bagay na ito; na doon ay may ilang bagay na mahirap unawain, na isinisinsay ng mga di nakaaalam at ng mga walang tiyaga, na gaya rin naman ng kanilang ginagawa sa ibang mga kasulatan, sa ikapapahamak din nila. [17]Kaya nga, mga minamahal, yamang nalalaman na ninyo nang una ang mga bagay na ito, ay magsipagingat kayo, baka kung mangaligaw kayo sa pamamagitan ng kamalian ng masasama, ay mangahulog kayo sa inyong sariling katiyagaan. [18]Datapuwat magsilago kayo sa biyaya at sa pagkakilala sa ating Panginoon at Tagapagligtas na si Hesukristo. Sumakaniya nawa ang kaluwalhatian ngayon at magpakailan man. Amen.**

**3:14 "pagsikapan ninyong masumpungan kayo sa kapayapaan"** Ito ay isang AORIST GANAP NA PAUTOS, na nagbibigay-diin ng madaliang pagkilos. Ang mga mananampalataya ay may pananagutan na mamuhays a maka-Diyos na pamumuhay. Mayroong kinakailangang isang nararapat na pangkasunduang pagtugon sa pag-ibig ng Diyos.

Ang ikalawang MAKADIWA ay isang AORIST BALINTIYAK NA PAWATAS. Iyon ay tila tumutukoy sa "araw ng Diyos" sa v. 12. Si Hesus ay kadalasang gumagamit ng paglalarawan ng mga mananampalataya bilang mga katiwala na

tagapangalaga ng mga ari-arian ng kanilang panginoon. Sila ay kailangang maging handa sa anumang panahon para sa Kaniyang pagbabalik at sa panahon na magbibigay-sulit sa kanilang pagiging katiwala (cf. Marcos 13:33-37; Lucas 18:8).

Ang kapayapaan ay tanging maaari kung (1) ang tao ay tumugon sa alok ng ebanghelyo; (2) ang tao ay naunawaan ang mensahe ng ebanghelyo; at (3) ang tao ay pang-araw-araw na ipinamumuhay ang ebanghelyo. Ang mga bulaang guro at kanilang mga tagasunod ay nabigong lahat sa tatlong bilang at wala silang kapayapaan!

▣ **"walang dungis at walang kapintasan"** Ang pariralang ito ay ginamit sa I Pedro 1:19 upang tumukoy kay Kristo (cf. Juan 8:46; 14:30; Lucas 23:41; II taga-Corinto 5:21; Mga Hebreo 4:15; 7:26-27; I Pedro 2:22; 3:18; I Juan 2:2; 4:14). Iyon ay isang OT talinghaga na naglalarawan ng kadalisayan ng mga pangsakripisyong hayop (cf. Levitico 22:19-20). Tayo ay nabubuhay sa liwanag ng (1) halimbawa ni Kristo, (2) mga kautusan ni Kristo, at (3) pagdating ni Kristo!

**3:15**
**NASB, NRSV "inyong ariin na ang pagpapahinuhod ng ating Panginoon ay pagliligtas"**
**NKJV "at ibigay-sulit *na* ang pagtitiis ng ating Panginoon *ay* kaligtasan"**
**TEV "Tingnan ang pagtitiis ng ating Panginoon bilang pagkakataon na ililigtas ka Niya"**
**NJB "Isiping ang pagpapagal ng ating Panginoon ay pagkakataong maligtas"**

Ito ba ay tumutukoy sa (1) mga Kristiyano na naligtas na o (2) ang hindi maka-Diyos at mga mapanghimagsik na bulaang guro at kanilang mga tagasunod? Iyon ay maliwanag na lumilingon sa pagtitiyag ng Diyos sa v. 9. Ang ilang ay sinasamantala ang kahabagan ng Diyos sa kasalanan at namuhay ng makasariling pamumuhay. Ang iba ay yinayakap ang kapatawaran ng Diyos at tinutularan ang Kaniyang katangian.

▣ **"gaya rin naman ni Pablo, na ating minamahal na kapatid"** Ang pariralang ito maliwanag na nagpapakita na walang pag-iigting sa pagitan nina Pablo at Pedro. Bawat isa sa kanila ay kinikilala ang panawagan at pagkakaroon ng kaloob ng isa (cf. taga-Galacia 2 7-10). Ang pangyayaring naitala sa taga-Galacia 2:11-21 ay hindi nagdulot ng isang palagiang pagtatalo.

▣ **"sinulatan kayo"** Iyon ay di-tiyak kung anong mga sulat ni Pablo ang tinutukoy. Kung ang mga tumanggap (Asia Minor) ay katulad ng sa I Pedro at si Pablo ay sinulat ang taga-Galacia sa isang hilagang pangkat ng mga iglesiya sa Asia Minor, kung gayon, ang taga-Galacia ay sinulat nang mas maaga sa parehong lugar na isimulat ang II Pedro, at ang pinaka mainam na maaaring opsyon ay taga-Galacia. Ngunit sa katotohanan ay hindi natin nalalaman.

Ang opsyon bilang dalawa buhat noon na pangkalahatang paksa ng kabanata ay ang Ikalawang Pagparito, kung gayon maaaring ang sinaunang mga sulat sa taga-Thesalonica ni Pablo ay ang tinutukoy. Ang opsyon tatlo ay ilang nag-iisip-isip na bahagi ng sulat sa taga-Roma ay gumaganap sa orihinal bilang isang umiikot na sulat. Para sa akin, ang sulat ni Pablo sa taga-Galacia o taga-Roma, na mga teolohikong aklat na naaangkop sa kaligtasan, ay maaaring ang pinakamainam na palagay.

**3:16 "Gayon din naman sa lahat ng kaniyang mga sulat"** Karamihan ng kritisismo sa II Pedro na isinulat ni Apostol Pedro ay nauugnay sa sangguniang ito sa mga sulat ni Pablo. Iyon ay tunay na ang lahat ng mga sulat ni Pablo ay tinipong magkakasama at pinalaganap sa ilalim ng titulong "Ang Apostol," ngunit ito nangyari pagkatapos ng kamatayan ni Pedro sa ilalim ni Nero (A.D. 64-68). Gayunman, ang tekstong ito ay hindi ipinapahayag kung gaano karamin ang mga sulat ni Pablo na sinasangguni ni Pedro, o ang sangguniang ito ay nagpapahiwatig ng paglaganap ng buong *corpus*.

▣ **"doon ay sinasalita ang mga bagay na ito; na doon ay may ilang bagay na mahirap unawain"** Anong mga bagay? (1) Pahayag (cf. 3:2); ang huling mga araw (3:-4a); (3) paglalang (3:4b-5); (4) ang baha ni Noe (3:6); (5) araw ng kahatulan (3:7,10); (6) ang panahon ng Diyos (3:9); (7) ang Ikalawang Pagparito (3:12); (8) ang bagong age ng katuwiran (3:12-13); (9) personal kaligtasan (3:14a, 15a); (10) maka-Diyos na pamumuhay (3:11,14b); o (11) anumang bagay sa kabanata isa o dalawa?

Kung anuman iyon ay ang mga bulaang guro ay mali ang pagkakaunawa dito at binabaliko iyon para sa kanilang sariling pagkawasak. Sa kaunawaang ito, iyon ay maaaring pagbibigay-diin ni Pablo sa kaligtasan bilang isang walang-bayad na kaloob mula sa Diyos na hiwalay sa mga gawa ng katuwiran ng tao (i.e., pagpapawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya). Iyon ay maaari na sa Santiago (cf. Santiago 2:14-26) ay itinama ang isa pang maling pagkakaunawa sa pangangaral ni Pablo.

▣ **"mga di nakaaalam at ng mga walang tiyaga, na gaya rin naman ng kanilang ginagawa sa ibang mga kasulatan"** Iyon ay nakakatulong sa aking na maunawaan na ang mga Apostol mismong nakasama ni Hesus sa maraming taon ay hindi palaging nauunawaan Siya (cf. Marcos 9:32; Lucas 2:50; 9:45; 18:34; Juan 2:22; 10:6; 12:16; 16:18). Alinma'y hindi ang lahat ng mga Apostol na nauunawaan ang mga sulat ng iba pang mga Apostol. Tayo ay tinatawag na maging isang matapat na saksi at maka-Diyos na kasunduang kapatid! Wala sa atin ang nakakaunawa ng lahat ng mga bagay.

Sa NT, ang terminong "Kasulatan" ay palaging tumutukoy sa OT. Ang NT ay hindi natapos at natipon hanggang sa pagkatapos ng unang siglo. Karamihan ng mga kilalang mga teksto sa inspirasyon at pagkamatapat ng Banal na Kasulatan ay tumutukoy sa OT (cf. Mateo 5:17-19; I taga-Corinto 2:9-13; I taga-Thesalonica 2:13; II Timoteo 3:16; I Pedro 1:23-25; II

Pedro 1:20-21).

Ito ay isa sa mga kakaunting mga lugar kung saan ang mga sulat sa NT ay itinumbas sa Kasulatan ng OT. Pinapatibay ni Pedro ang inspirasyon at ang awtoridad ni Pablo sa kaniyang mga sulat sa pamamagitan ng pariralang ito.

▣ **"sa ikapapahamak din nila"** Ang Bibliya ay sariling kapahayagan ng Diyos sa isang napahamak at nangangailangang mundo. Ang mga makasalanang tao (i.e., mga bulaang guro) ay binaluktot iyon sa kanilang sariling panganib. Ang kahatulan ay darating; si Hesus ang tanging pag-asa; ang lahat ay tatayo sa harapan ng Diyos isang araw!

**3:17 "yamang nalalaman na ninyo nang una"** Ang mga bulaang guro ay palaging nandito! Ang mga mambabasa ay nag-aalala tungkol sa paggamit ng mga bulaang guro sa Banal na Kasulatan (i.e., OT) at pang-Apostol na mga sulat (cf. 3:2). Mayroong maraming pamamarang biblikal upang makilala ang isang bulaang guro.

1. mga tanda o mga himala, ngunit sa pangalan ng isa pang diyos (Deuteronomyo 13:1-5)
2. wastong hula ng panghinaharap, ngunit sa pangalan ng isa pang diyos (Deuteronomyo 18:18-22)
3. pamumuhay (Mateo 7; Santiago, I Juan, at II Pedro)
4. mga himala ay hindi automatikong isang tanda ng Diyos (Mateo 24:24)
5. ang mensahe ay kailangang nakasentro kay Kristo (I Juan 4:1-6)
6. maling kapahulugan ng kapahayagan ng Diyos (II Pedro 3:2)

▣ **"magsipagingat kayo"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG PAUTOS. Ito ay isang panghukbong termino tulad ng I Pedro 1:4. Ang mga mananampalataya ay may pansariling pananagutan na magpatuloy na siyasatin at subukin ang mga sinasabi ng iba tungkol sa Diyos/Kristo. Mayroong mga mandaraya kapwa sa loob at labas ng pakikisama (cf. taga-Efeso 4:14; 6:11-12). Huwag kang maging walang muwang sa espiritu!

▣ **"baka kung mangaligaw kayo sa pamamagitan ng kamalian ng masasama"** Ito ay isang AORIST BALINTIYAK NA PANDIWARI. Iyon kasalungat ng OT termino para sa pananampalataya na nangangahulugang na maging matibay (i.e., matapat o palagian). Ang parehong termino ay naglalarawan sa sariling mga pagkilos ni Pedro sa taga-Galacia 2:13.

**3:18 "Datapuwat magsilago kayo sa biyaya at sa pagkakilala sa ating Panginoon at Tagapagligtas"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG GANAP NA PAUTOS. Iyon ang sentrong paksa ng aklat. Ang mga mananampalataya ay dapat magbantay laban sa kamalian sa pamamagitan ng kaalaman sa ebanghelyo at pagsasabuhay ng ebanghelyo. Ito ay kaagapay sa Hudas 20.

▣ **"Sumakaniya nawa ang kaluwalhatian"** Ang pariralang ito ay kadalasang ginagamit sa Diyos Ama (tingnan ang tala sa I Pedro 4:11, cf. Hudas vv. 24-25), ngunit minsan ay kay Kristo (cf. II Timoteo 4:18; II Pedro 3:18; Pahayag 1:6).

Sa OT, ang pinakakaraniwang Hebreo na salitang para sa "kaluwalhatian" (*kbd*) sa orihinal ay isang pangkalakalang termino na tumutukoy sa isang pares ng timbangan at nangangahulugang "maging mabigay." Ang mabigat ay mataas ang halaga o ay may tunay na halaga. Kadalasan ang konsepto ng katingkaran ay idinadagdag upang ihayag ang pagkamaharlika ng Diyos (cf. Exodo 19:16-18; 24:17; Isaias 60:12). Siya lamang ay karapat-dapat at kagalang-galang. Siya ay napakaliwanag upang makita ng nalugmok na sangkatauhan (cf. Exodo 33:17-23; Isaias 6:5). Makikilala lamang ng tunay ang Diyos sa pamamagitan ni Kristo (cf. Jeremias 1:14; Mateo 17:2; Mga Hebreo 1:3; Santiago 2:1).

Ang terminong kaluwalhatian ay halos may kalabuan.

1. iyon ay maaaring kaagapay sa "katuwiran ng Diyos"
2. iyon ay maaaring tumutukoy sa kabanalan o kasakdalan ng Diyos
3. iyon ay tumutukoy sa larawan ng Diyos sa linikha sa sangkatauhan (cf. Genesis 1:26-27; 5:1; 9:6), ngunit nasira sa pamamagitan ng paghihimagsik (cf. Genesis 3:1-22)

Iyon ay unang ginamit sa presensya ni YHWH kasama ang Kaniyang bayan sa Exodo 16:7,10; Levitico 9:23; Bilang 14:10.

▣

**NASB, NRSV "ngayon at magpakailan man"**
**NKJV "kapwa ngayon at magpakailan man"**
**TEV "ngayon at sa hinaharap"**
**NJB "sa panahon at kawalang-hanggan"**

Ito sa literal ay "kapwa ngayon at sa panahon na darating." Iyon ay isang natatanging anyo ng isang karaniwang pagwawakas, na halos kaagapay sa Hudas v. 25. Ang mga Hudyo ay nakita ang kasaysayan sa mga termino ng dalawang panahon, isang masamang panahon at isang darating na panahon ng katuwiran. Ang darating na panahon ay kasingkahulugan ng walang-hangang kaharian. Tingnan ang Natatanging Paksa sa Marcos 13:8.

▣ **"Amen"** Ang salitang ito ay wala sa sinaunang unsyanong Griyegong manuskrito B (i.e., Vaticanus), ngunit makikita sa $P^{72}$, א, A, at C. Tingnan ang Natatanging Paksa sa Marcos 3:28.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling pagpapaliwanag sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa pagpapaliwanag. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging pamukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit itinatanggi ng mga Nostiko ang Ikalawang Pagparito?
2. Ano ay ang pangunahing mensahe ng NT patungkol sa Ikalawang Pagparito?
3. Bakit binanggit ni Pedro ang mga sulat ni Pablo?

# DAGDAG NA DAHON ISA

## MGA MAIKLING KAHULUGAN NG MGA GRIYEGONG PANG-GRAMATIKONG SALITA

Ang Griyegong Koine, ay madalas na tinawag na Griyegong Hellenistic, ay ang pangunahing wika sa mundo ng Mediteraneo simula pa sa pagsakop ni Alexander na Dakila (336-323 B.C..) at nagtagal ng mahigit walong daang taon (300 B.C.-A.D. 500). Ito ay hindi lamang pinagaan, klasikong Griyego, ngunit sa maraming paraan ay isang mas bagong anyo ng Griyego na nagging ikalawang wika sa mundo ng Ancient Near East sa Mediteraneo.

Ang Griyego ng Bagong Tipan ay naiiba sa ilang mga kaparaanan sapagkat ang mga gumagamit nito, maliban kay Lucas at ang may akda ng Mga Hebreo, ay marahil gumamit ng Aramaic bilang kanilang pangunahing wika. Samakatwid, ang kanilang mga kasulatan ay naimpluwensyahan ng mga kataga at mga istrukturang anyo ng Aramaic. At saka, sila ay bumasa at sumipi ng Septuagint (Griyegong salin ng Lumang Tipan) na siya rin namang isinulat sa Griyegong Koine. Ngunit ang Septuagint ay isinulat rin ng mga iskolar na Hudyo na ang inang salita ay hindi Griyego.

Ito ay nagsisilbing paalala na hindi natin maaring itulak ang Bagong Tipan sa isang mahigpit na istrukturang balarital. Ito ay isang naiiba at mayroong labis na pagkakahawig sa (1) ang Septuagint; (2) mga pang-Hudyong kasulatan gaya ng kay Josephus; at (3) ang papyri na natagpuan sa Ehipto. Paano natin ngayon tatangkain ang isang pang-balarilang pag-aaral sa Bagong Tipan?

Ang pang-balarilang katangian ng Griyegong Koine at Griyegong Koine ng Bagong Tipan ay sunod-sunuran. Sa maraming kaparaanan ito ay panahon g pagpapakasimple ng balarila. Ang kaugnay na kahulugan ang ating mas nakalalamang na gabay. Ang mga salita ay mayroong lamang kahulugan sa mas malaking kaugnay na kahulugan, samakatwid, ang pang-balarilang kayarian ay maari lamang maunawaan sa pamamagitan ng (1) partikular na pamamaraan ng may akda; at (2) sa isang partikular na kaugnay na kahulugan. Walang konklusibong kahulugan sa mga anyo at kayarian ng Griyego ang maaari.

Ang Koine na Griyego ay una sa lahat ay isang berbal na wika.. Madalas ang susi sa pagbibigay ng kahulugan ay ang uri at anyo ng mga PANDIWARI. Sa madalas na pangunahing sugnay ang PANDIWA ay mauunang makita, na nagpapakita ng pagiging mataas nito. Sa pagsusuri ng mga Griyegong PANDIWA tatlong mga bahagi ng kaalaman ang dapat punahin (1) ang batayang pagbibigay diin sa PANAHUNAN, TINIG at PANAGANO (morpolohiya); (2) ang batayang kahulugan ng partikular na PANDIWA (leksikograpya); at (3) ang daloy ng kaugnay na kahulugan (palaugnayan).

I. PANAHUNAN

A. Ang Panahunan o aspeto na nagsasangkot sa ugnayan ng mga PANDIWA sa isang natapos na pagkilos o di natapos na pagkilos. Ito ay madalas na tinatawag na "GANAP" at "DI-GANAP."
   1. Ang mga GANAP NA PANAHUNAN ay tumutuon sa paglitaw ng isang pagkilos. Walang karagdagang kaalaman ang ibinigay maliban na isang bagay ang nangyari! Nagsimula ito, ang pagpapatuloy o pagtatapos ay hindi tinalakay.
   2. DI-GANAP NA PANAHUNAN ay tumutuon sa nagpapatuloy na pagganap ng isang pagkilos. Ito ay maaring ilarawan sa mga terminong taluhabang aksyong, tagalang pagkilos, progresibong pagkilos, atbp.

B. Ang mga panahunan ay maaring maipapangkat sa kung paano ang may akda nakikita ang pagkilos na nagproprogreso
   1. Naganap na = AORIST
   2. Ito'y naganap at ang bunga ay nanatili = GANAP
   3. Ito'y nagaganap sa nakalipas at ang mga bunga ay nanatili, ngunit hindi ngayon = LIPAS NA GANAP
   4. Ito ay nagaganap = PANGKASALUKUYAN
   5. Ito ay nagaganap na = DI-GANAP
   6. Ito ay magaganap = PANGHINAHARAP

   Isang konkretong halimbawa kung paano ang mga salitang PANAHUNAN ay makakatulong sa pagbibigay ng kahulugan ay ang salitang "ligtas." Ito ay ginamit ng ilang magkakaibang panahunan upang ipakita ang parehong pagganap at pagtatapos:
   1. AORIST – "naligtas" (cf. Roma 8:24)

2. GANAP – “ay iniligtas at ang bunga ay nagpapatuloy” (cf. Efeso 2:5,8)
3. PANGKASALUKUYAN – “inililigtas” (cf. I Corinto 1:18; 15:2)
4. PANGHINAHARAP – “ay ililigtas” (cf. Roma 5:9, 10; 10:9)

C. Sa pagtutuon sa PANDIWANG PANAHUNAN, ang mga tagapagsalin ay tumitingin sa dahilan ng pagpili orihinal na may akda sa pagpapahayag ng kanyang sarili sa ilang mga PANAHUNAN. Ang pamantayan “walang mga pagarbo” na panahunan ay ang AORIST. Ito ay regular “di-tiyak,” “di-markado,” o “walang hudyat” na anyo ng PANDIWA. Ito ay maaring gamitin sa malawak na magkakaibang mga paraan na kung saan ang kaugnay na kahulugan ay matutukoy. Ito ay payak na paglalahad ng isang bagay ay nangyari. Ang nakalipas na aspeto ng oras ay nilalayon lamang sa INDIKATIBONG PANAGANO. Kung may ibang PANAHUNAN ang ginamit, isang bagay ang mas tiyak na binibigyan diin. Ngunit bakit?
1. GANAP NA PANAHUNAN. Ito ay nagsasalita sa isang natapos na pagkilos na may nanatiling mga bunga. Sa ilang mga kaparaanan ito ay isang pagsasama ng AORIST at PANGKASALUKUYANG PANAHUNAN. Madalas ang pokus ay sa pananatili ng mga bunga o ang pagkokompleto ng isang gawa (halimbawa: Efeso 2:5 & 8, “kayo ay nangagligtas at patuloy na nangangagligtas”).
2. LIPAS NA GANAP NA PANAHUNAN. Ito ay kagaya ng GANAP maliban sa ang mga nananitiling mga bunga ay nawala na. Halimbawa: Juan 18:16 “si Pedro ay nakatayo sa pintuan sa labas.”
3. PANGKASALUKUYANG PANAHUNAN. Ito ay nagsasalita sa isang di-kompleto o di-perpektong pagkilos. Ang pokus ay madalas sa pagpapatuloy ng isang pangyayari. Halimbawa: I Juan 3:6 & 9, “Ang sinomang nananahan sa Kaniya ay hindi nagkakasala.” “Ang sinomang ipinanganak ng Diyos ay hindi nagkakasala.”
4. DI-GANAP NA PANAHUNAN. Sa panahunang ito ang ugnayan sa PANGKASALUKUYANG PANAHUNAN ay kahawig sa ugnayan sa pagitan ng GANAP at ang LIPAS NA GANAP. Ang DI-GANAP ay nagsasalita sa di-kompletong pagkilos na nangyayari ngunit ngayon ay nawala na o ang simula ng isang pagkilos sa nakalipas. Halimbawa: Mateo 3:5, “Nang magkagayo'y nilabas siya ng Jerusalem” o “nang magkagayon ang buong Jerusalem ay nagsimulang lumabas patungo sa kanya.”
5. PANGHINAHARAP NA PANAHUNAN. Ito ay nagsasalita sa isang pagkilos na madalas ay inuumang sa panghinaharap na saklaw ng panahon. Ito ay tumutuon sa potensyal na paglitaw ng isang pangyayari kaysa sa isang aktwal na paglitaw nito. Ito ay madalas na nagsasalita sa katiyakan ng isang pangyayari. Halimbawa: Mateo 5:4-9, “Mapapalad ang mga. . . nila ang. . .”

II. TINIG

A. TINIG ay naglalarawan sa ugnayan sa pagitan ng pagkilos ng PANDIWA at ng SIMUNO nito.

B. TAHASANG TINIG ay ang normal, inaasahan, di-binigyan diin na paraan ng pagsasaysay na ang simuno ay gumagawa ng pagkilos ng PANDIWA.

C. Ang BALINTIYAK NA TINIG ay nangangahukugan na ang simuno ay nakakatatanggap ng pagkilos ng PANDIWA na ginawa ng isang panlabas na ahente. Ang panlabas na ahente na gumawa ng pagkilos ay itinuro sa Griyegong NT sa pamamagitan ng mga sumusunod na mga PANG-UKOL at mga kaso:
1. isang personal na direktang ahente sa pamamagitan ng *hupo* na may kasamang ABLATIBONG KASO (cf. Mateo1:22; Mga Gawa 22:30).
2. isang personal at kagyat na ahente sa pamamagitan ng *dia* na may kasamang ABLATIBONG KASO (cf. Mateo 1:22).
3. isang di-personal na ahente na madalas sa pamamagitan ng *en* na may kasamang KASANGKAPANG KASO.
4. minsan alinman sa personal o di-personal na ahente sa pamamagitan ng KASANGKAPANG KASO lamang.

D. Ang PANGGITNANG TINIG ay nangangahulugan na ang simuno ay gumagawa ng pagkilos ng PANDIWA at siya rin direktang sangkot sa pagkilos ng PANDIWA. Ito ay madalas na tinawag na tinig ng pinahigpit na personal na interest. Ang konstruksyon na ito ay nagbibigay diin sa simuno ng sugnay o pangungusap sa ilang mga paraan. Ang konstruksyon na ito ay hindi matatagpuan sa Ingles. Ito ay may malawak na posibilidad ng mga kahulugan at mga salin sa Griyego. Ang ilang mga halimbawa ng anyong ito ay:
1. PASARILI – ang direktang pagkilos ng simuno sa mismong sarili. Halimbawa: Mateo 27:5 “binitay ang sarili.”
2. INTENSIBO – ang simuno gumagawa ng pagkilos sa kanyang sarili. Halimbawa: II Corinto 11:14 “si Satanas man ay nagpapakunwaring anghel ng kaliwanagan.”
3. RESIPROKAL – ang paglalato ng dalawang mga simuno. Halimbawa: Mateo 26:4 “At sila'y sangagsanggunian.”

III. PANAGANO (O "MODA")

A. Mayroong apat na mga PANAGANO sa Koineng Griyego. Sila ay nagpapahiwatig ng ugnayan ng PANDIWA sa katotohanan, kahit man lang sa sariling isipan ng may. Ang mga PANAGANO ay nahahati sa dalawang malawak na kategorya: na siyang nagpapahiwatig ng katotohanan (INDIKATIBO) at siya rin nagpapahiwatig na maaaring mangyari(PASAKALI, PAUTOS at OPTATIBO).

B. Ang INDIKATIBO PANAGANO ay ang normal na PANAGANO sa pagpapahayag ng pagkilos na nangyari na or nangyayari na, kahit man lang sa isipan ng may akda. Ito lamang ang Griyegong panagano na nagpapahayag ng isang tiyak na oras, at maging dito ang aspetong ito ay pangalawa lamang.

C. Ang PASAKALING PANAGANO ay nagpapahayag ng panghinaharap na pagkilos. Isang bagay na hindi pa nangyayari, ngunit ang may pagkakataon na ito ay mangyayari. Ito ay may higit na pagkakapareho sa PANGHINAHARAP INDIKATIBO. Ang pagkakaiba ay ang PASAKALI ay nagpapapapahayag ng ilang antas ng pag-aalinlangan. Sa Ingles ito ay madalas na ipinapahayag ng mga terminong "maari," "nais," "marahil," or "puwede."

D. Ang OPTATIBO PANAGANO ay nagpapahayag ng isang hiling na kanilay-nilay na posible. Ito ay itinuturing na isang hakbang palayo mula sa katotohanan kaysa sa PASAKALI. Ang OPTATIBO ay nagpahayag ng posibilidad sa ilalim ng ilang mga kondisyon. Ang OPTATIBO ay bihira sa Bagong Tipan. Ang pinakamadalas na pagkakagamit ay sa tanyag na parirala ni Pablo, "Maaring ito'y huwag nawa" (KJV, "Nagbabawal ang Diyos"), ginamit ng labinlimang beses (cf. Roma 3:4, 6, 31; 6:2, 15; 7:7, 13; 9:14; 11:1, 11; I Corinto 6:15; Galacia 2:17; 3:21; 6:14). Ang ibang mga halimbawa ay matatagpuan sa Lucas 1:38, 20:16, Mga Gawa 8:20, at I Thesalonica 3:11.

E. Ang PAUTOS PANAGANO ay nagdidiin sa isang utos na isang maaari, ngunit ang pagdidiin ay sa layunin ng tagapagsalita. Ito'y nagsasaysay lamang ng bolisyonal na posibilidad at ikinondisyon sa pagpipilian ng iba pa. Mayroong isang espesyal na gamit ang PAUTOS sa mga panalangin at sa ikatlong persona na mga kahilingan. Ang mg autos na ito ay matatagpuan lamang sa PANGKASALUKUYAN at AORIST NA PANAHUNAN sa NT.

F. Ang ilang mga balarila ay nagkategorya sa mga PANTUKOY sa ibang uri ng PANAGANO. Sila ay napaka-karaniwan sa Griyegong NT, madalas na binigyan kahulugan bilang isang PANDIWANG PANG-URI. Sila ay isinalin na kasabay sa pangunahing PANDIWA kung saan sila ay inuugnay. Ang isang malawak na mga uri ay posible sa pagsasalin ng mga PANTUKOY. Pinakamuhasay na konsultahin ang ilang mga salin na Ingles. *The Bible in Twenty Six Translations* na inilatha ng Baker ay isang malaking tulong dito.

G. The AORIST TAHAS NA MAY PAHIWATIG ay ang normal o "di-minarkahang" paraan sa pagtatala ng isang pangyayari. Alinmang ibang PANAHUNAN, TINIG o PANAGANO ay may ilang mga parikular na nagpapakahulugang kahalagahan na ang orihinal na may-akda na nais na ipagbigay-alam.

IV. Para sa isang tao na hindi pamilyar sa Griyego ang mga sumusunod na tulong pag-aaral ay magbibigay ng kinakailangang kaalaman:

A. Friberg, Barbara at Timothy. *Analytical Greek New Testament*. Grand Rapids: Baker, 1988.

B. Marshall, Alfred. *Interlinear Greek-English New Testament*. Grand Rapids: Zondervan, 1976.

C. Mounce, William D. *The Analytical Lexicon to the Greek New Testament*. Grand Rapids: Zondervan, 1993.

D. Summers, Ray. *Essentials of New Testament Greek*. Nashville: Broadman, 1950.

E. Mga pinaniniwalang sulating pang akademya sa mga kurso para sa Koine Griyego ay makukuha sa pamamagitan ng Moody Bible Institute sa Chicago, IL.

V. MGA PANGNGALAN

A. Sa palaugnayan, ang PANGNGALAN ay inuuri sa pamamagitan ng KASO. Ang KASO ay ang binagong tono ng anyo ng isang PANGNGALAN na nagpapakita ng ugnayan nito sa PANDIWA at sa ibang mga bahagi ng pangungusap. Sa Koineng Griyego marami sa mga tungkulin ng KASO ay ipinahihiwatig sa pamamagitan ng PANG-UKOL. Dahil sa ang anyong KASO ay nagawang alamin ang ilang magkakaibang mga ugnayan, ang PANG-

UKOL ay nakalinang upang ibigay ang mas malinaw na pagkakahiwalay ng mga posibling mga tungkuling ito.

B. Griyegong KASO ay inuuri sa mga sumusunod na walong mga paraan:
1. Ang PALAGYONG KASO ay ginamit para pagpapangalan at ito ay madalas sa ang SIMUNO ng pangungusap o sugnay. Ito rin ay ginamit para sa PANAGURING PANGNGALAN at mga PANG-URI na may kasamang pagdugtong na mga PANDIWA "upang maging" o "maging."
2. Ang DYENITIBONG KASO ay ginamit para sa paglalarawan at madalas nagtatalaga ng isang katangian o kalidad sa salita kung saan ito inuugnay. Ito ay sumasagot sa katanungang, "Anung uri?" Ito ay madalas na nagpapahayag sa pamamagitan ng paggamit ng Ingles na PANG-UKOL "ng."
3. Ang ABLATIBONG KASO ay gumamit ng kaparehong binagong tonong anyo na gaya ng sa DYENITIBO, ngunit ito ay ginamit upang ilarawan ang pagkakahiwala. Ito ay madalas na naitalang pagkakahiwalay mula sa isang punto ng panahon, lawak, pinagmulan o antas. Ito ay madalas na ipinapahayag sa pamamagitan ng paggamit sa Ingles ng PANG-UKOL "mula."
4. Ang DATIBONG KASO ay ginamit upang ilarawan ang personal na interest. Ito ay maaring magtala ng isang positibo o negatibong aspeto. Madalas ito ay ang DI-TUWIRANG LAYON. Ito ay madalas na ipinapahayag sa Ingles sa PANG-UKOL na "upang."
5. Ang LOKATIBONG KASO ay katulad sa binagong tonong anyo na gaya ng sa DATIBO, ngunit ito ay naglalarawan sa posisyon o lokasyon sa lawak, oras o lohikal na mga pagtatakda. Ito ay madalas na ipinapahayag sa pamamagitan ng Ingles na mga PANG-UKOL "sa, nasa, malapit sa, kasama ng, habang, sa pamamagitan ng, sa ibabaw ng, at sa tabi ng ."
6. Ang PANGKASANGKAPANG KASO ay katulad ng binagong tonong anyo na DATIBO at LOKATIBO KASO. Ito ay nagpapahayag ng mga kaparaanan o kaugnayan. Ito ay madalas na ipinapahayag sa pamamagitan ng Ingles na mga PANG-UKOL, "sa pamamagitan ng o "kasama ng."
7. Ang AKUSATIBO KASO ay ginamit upang ilarawan ang konklusyon ng isang pagkilos. Ito ay nagpapahayag ng pagtatakda. Ang pangunahing gamit nito ay TUWIRANG LAYON. Ito ay sumasagot sa tanong na, "Gaano kalayo?" o "Hanggang saan ang?"
8. Ang BOKATIBONG KASO ay ginamit para sa direktang pananalita.

## VI. PANGATNIG AT PANG-UGNAY

A. Ang Griyego ay isang napakatumpak na wika sapagakat ito ay mayroon napakaraming mga pang-ugnay. Sila ay nagdudugtong ng mga kaisipan (SUGNAY, PANGUNGUSAP, at TALATA). Sila ay napakakariniwan na ang kanilang pagkawala (asendeton) ay madalas ay may eksehital na kahalagahan. Sa katotohanan, ang mga PANGATNIG at PANG-UGNAY na ito ay nagpapakita ng direksyon sa kaisipan ng may akda. Sila ay madalas na krusyal sa pag dedetermina ng kung ano ang kanyang eksaktong nais na ipagbigay alam.

B. Narito ang isang listahan ng ilang mga PANGATNIG at PANG-UGNAY at ang kanilang mga kahulugan (ang imormasyon na ito ay madalas na nakikita mula sa H. E. Dana at Julius K. Mantey's *A Manual Grammar of the Greek New Testament*).
1. Panahunang PANG-UGNAY
   a. *epei, epeidē, hopote, hōs, hote, hotan* (PAS.) – "kailan"
   b. *heōs* – "habang"
   c. *hotan, epan* (PAS.) – "kapag"
   d. *hōs, achri, mechri* (PAS.) – "hanggang"
   e. *priv* (PAW.) – "bago"
   f. *hōs* – "mula pa," "kapag," "habang"
2. Lohikal na PANG-UGNAY
   a. Layunin
      (1) *hina* (PAS.), *hopōs* (PAS.), *hōs* – "upang ang," "na ang"
      (2) *hōste* (PANTUKOY NA AKUSATIBONG PAWATAS) – "na ang"
      (3) *pros* (PANTUKOY NA AKUSATIBONG PAWATAS) o *eis* (PANTUKOY NA AKUSATIBO PAWATAS) – "na ang"
   b. Resulta (mayroong isang malapit na kaugnayan sa pagitan ng gramtikal na mga anyo sa layunin at bunga)
      (1) *hōste* (PAWATAS, ito ang napakakariniwan)– "upang ang," "kaya"
      (2) *hiva* (PAS.) – "nang sa gayon
      (3) *ara* – "kaya"
   c. Pansanhi o dahilan
      (1) *gar* (sanhi/epekto o dahilan/konlusyon) – "para," "sapagkat"

(2) *dioti, hotiy* – "sapagkat"
(3) *epei, epeid*s, *hōs* – "dahil sa"
(4) *dia* (may akusatibo) at (may PANTUKOY NA infin.) – "sapagkat"

d. Imperensiyal
(1) *ara, poinun, hōste* – "samakatuwid"
(2) *dio* (pinakamalakas na imperensiyal na PANGATNIG) – "sa kung aling salaysay," "sa gayon," "samakatuwid"
(3) *oun* – "samakatuwid," "kaya," "kung gayon," "dahil dito"
(4) *toinoun* – "nang naaalinsunod"

e. Kasalungat o pagkakaiba
(1) *alla* (malakas na KASALUNGAT) – "ngunit," "maliban"
(2) *de* – "ngunit," "gayunman," "muna," "sa kabilang dako"
(3) *kai* – "ngunit"
(4) *mentoi, oun* – "gaynman"
(5) *plēn* – "higit kailanman" (karamihan sa Lucas)
(6) *oun* – "gayunman"

f. Paghahambing
(1) *hōs, kathōs* (nagpapakilala ng KOMPARATIBONG MGA SUGNAY)
(2) *kata* (sa mga tambalan, *katho, kathoti, kathōsper, kathaper*)
(3) *hosos* (sa Mga Hebreo)
(4) *ē* – "kaysa"

g. Nagpapatuloy or serye
(1) *de* – "at," "ngayon""
(2) *kai* – "at"
(3) *tei – "at"*
(4) *hina, oun* – "ns"
(5) *oun* – "kung gayon" (sa Juan)

3. Mariin na mga pagkakagamit
a. *alla* – "katiyakan," "o," "sa katotohanan"
b. *ara* – "talaga," "tiyak," "totoo"
c. *gar* – "ngunit talaga," "tiyak," "talaga"
d. *de* – "talaga"
e. *ean* – "kahit na"
f. *kai* – "kahit na," "talaga," "totoo"
g. *mentoi* – "talaga"
h. *oun* – "totoo," "sa anomang paraan "

## VII. MGA PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI

A. Ang PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI ay isa sa nagtataglay ng isa o higit pang mga kondisyonal na mga sugnay. Ang balaritang istrukturang ito ay tumutulong sa pag-iinterpret sapagkat ito ay nagbibigay ng mga kondisyon, dahilan o mga sanhi kung bakit ang pagkilos ng pangunahing PANDIWA lumitaw o hindi lumitaw. Mayroong apat na mga uri ng mga PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI. Sila ay lumisan mula sa iniisip na totoong perspektibo ng may akda o para sa kanyang layunin na siyang hiniling lamang.

B. Ang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI ay nagpapahayag ng pagkilos o tanging siyang inisip na totoo mula sa perspektibo ng may akda o para sa kanyang layunin bagamat ito ay ipinahayag na may kasamang " kung." Sa ilang mga kaugnay na kahulugan ito ay maaring maisalin sa " dahil sa" (cf. Mateo 4:3; Roma 8:31). Gayunpaman, hindi ito nangangahulugang nagpapahiwatig na ang lahat ng mga UNANG MGA URI ay totoo sa katotohanan. Madalas sila ay ginamit upang gumawa ng isang puntong pang argumento o upang pagliwanagin ang sang kasinungalingan (cf. Mateo 12:27).

C. Ang IKALAWANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI ay madalas na tinatawag na "salungat sa katotohanan." Io ay nagsasaysay ng isang bagay na hindi totoo sa katotohanan upang gumawa ng isang punto. Mga halimbawa:
1. "Ang taong ito, kung siya'y isang propeta ay nakikilala niya kung sino at kung ano ang babaing ito na sa kaniya'y humihipo, na siya'y makasalanan" (Lucas 7:39)
2. "Sapagka't kung kayo'y nagsisisampalataya kay Moises, ay magsisisampalataya kayo sa akin; sapagka't tungkol sa akin siya'y sumulat." (Juan 5:46)

3. “Sapagka't ako baga'y nanghihikayat ngayon sa mga tao o sa Diyos? o ako baga'y nagsisikap na magbigay-lugod sa mga tao? kung ako'y magbibigay-lugod pa sa mga tao, ay hindi ako magiging alipin ni Cristo.” (Galacia 1:10)

D. Ang IKATLONG URI ay nagsasalita sa posibleng panghinaharap na pagkilos. Ito ay madalas na nagpapalagay sa probabilidad ng pagkilos na yaon. Ito ay kadalasang nagpapahiwatig ng isang katiyakan ng anumang mangyari. Ang pagkilos ng pangunahing PANDIWA ay isang katiyakan ng anumang mangyari sa “kung” na sugnay. Mga halimbawa mula sa I Juan: 1:6-10; 2:4,6,9,15,20,21,24,29; 3:21; 4:20; 5:14,16.

E. Ang IKAAPAT NA URI ay ang pinakamalayo na inalis mula sa posibilidad. Ito ay bihira sa NT. Sa katunayan, walang kompletong IKAAPAT NA URING PANGUNGUSA NA MAY PASUBALI na kung saan ang parehong mga parte ng kondisyon ay tumutugma sa depinisyon. Isang halimbawa ng isang bahagi ng IKAAPAT NA URI sa pambungad na sugnay ay sa I Pedro 3:14. At isang halimbawa ng isang bahagi ng IKAAPAT NA URI sa nagtatapos na sugnay ay sa Mga Gawa 8:31.

## VIII. MGA IPINAGBABAWAL

A. Ang PANGKASALUKUYANG PAUTOS na may kasamang MĒ KATAGA ay madalas (ngunit eksklusibo) ay mayroong pagdidiin sa pagpapatigil ng isang pagkilos na nasa pagganap na. Ilang mga halimbawa: “Huwag kayong mangagtipon ng mga kayamanan sa lupa. . .” (Mateo 6:19); “Huwag kayong mangabalisa sa inyong pamumuhay. . .” (Mateo 6:25); “huwag din naman ninyong ihandog ang inyong mga sangkap sa kasalanan na pinaka kasangkapan ng kalikuan. . .” (Roma 6:13); “huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos. . .” (Efeso 4:30); at “huwag kayong magsipaglasing ng alak. . .” (5:18).

B. Ang AORIST PASAKALI na may kasamang MĒ KATAGA ay may pagdidiin sa “huwag man lang simulant o magsimula sa isang pagkilos.” Ilang mga halimbawa: “Huwag ninyong isiping. . .” (Mateo 5:17); “Kaya huwag kayong mangabalisa. . .” (Mateo 6:31); “Huwag mo ngang ikahiya. . .” (II Timoteo 1:8).

C. Ang DALAWAHANG NEGATIBO na may kasamang PASAKALI PANAGANO ay isang napakamariing pagnenegatibo. “Hindi kailanman, kailanma’y hindi” o “hindi sa ilalim ng anomang kalagayan.” Ilang mga halimbawa: “hindi siya makakakita magpakailan man ng kamatayan” (Juan 8:51); “kailan man ay hindi. . .” (I Corinto 8:13).

## IX. ANG PANTUKOY

A. Sa Koineng Griyego ang TAHASANG PANTUKOY “ang” ay gamit na gaya ng sa Ingles. Ang batayang tungkulin nito ay gaya ng sa “isang panturo” isang daan upang hikayatin ang atensyon patungo sa isang salita, pangalan o parirala. Ang gamit ay nag-iiba mula sa may akda sa may akda sa Bagong Tipan. Ang TAHASANG PANTUKOY ay maaring rin may tungkulin
   1. bilang isang sumasalungat na aparato gaya ng sa isang demostratibo na PANGHALIP;
   2. bilang isang tanda na tumutukoy sa isang nakalipas na ipinakilalang SIMUNO o katauhan;
   3. bilang isang daan upang matukoy ang PAKSA sa isang pangungusap na may kasamang pandugtong na PANDIWA. Mga halimbawa: “Ang Diyos ay Espiritu” (Juan 4:24); “Diyos ay ilaw” (I Juan 1:5); “Ang Diyos ay pag-ibig” (4:8,16).

B. Ang Koineng Griyego ay walang DI-TAHASANG PANTUKOY gaya ng sa Ingles “a” o “isang.” Ang pagkawala ng TAHASANG PANTUKOY ay maaring nangangahulugang
   1. isang pagtuon sa mga katangian o kalidad ng isang bagay
   2. isang pagtuon sa kategorya ng isang bagay

C. Ang NT na mga may akda ay nag-iiba ng malaki sa kung paano ang mga PANTUKOY ay gamitin.

## X. MGA PARAAN NG PAGPAPAKITA NG PAGDIDIIN SA GRIYEGONG BAGONG TIPAN

A. Ang mga pamamaraan para sa pagpapakita ng pagdidiin ay nagkakaiba iba mula sa mga may akda sa may akda sa Bagong Tipan. Ang pinaka hindi nagbabago ay pormal na mga manunulat ay sina Lucas at ang may akda ng Mga Hebreo.

B. Ating ipinalalagay sa simula na ang AORIST TAHAS MAY PAHIWATIG ay ang pamantayan at hindi minarkahan para sa pagdidiin, ngunit anomang ibang PANAHUNAN, TINIG, o PANAGANO ay mayroong mahalagang

pakahulugan. Hindi ito pagpapahiwatig na ang AORIST TAHAS NA MAY PAHIWATIG ay hindi madalas na ginamit sa isang mahalagang gramatikong pang-unawa. (Halimbawa: Roma 6:10 [dalawang beses]).

C. Pagkakasunud-sunod ng salita sa Koineng Griyego
   1. Ang Koineng Griyego ay ang binagong tonong wika na kung saan ay hindi nakabatay, gaya ng Ingles, sa pagkakasunod-sunod ng salita. Samakatuwid, ang may –akda ay maaring mag-iba iba sa normal na inaasahang pagkakasunod-sunod upang ipakita ang
      a. kung ano ang nais na bigyan diin ng may akda sa mga mambabasa
      b. kung ano ang iniisip ng may akda na magbibigla sa mga mambabasa
      c. kung ano ang malalim na nararamdaman ng may akda sa isang bagay
   2. Ang normal na pagkakasunod-sunod ng salita sa Griyego ay nananatiling hindi naayos na isyu. Gayumpaman, ang dapat na normal na pagkakaksunod-sunod ay:
      a. para sa pandugtong na mga PANDIWA
         (1) PANDIWA
         (2) SIMUNO
         (3) KAPUPUNAN
      b. para sa TRANSITIBONG PANDIWA
         (1) PANDIWA
         (2) SIMUNO
         (3) LAYON
         (4) INDIREKTANG LAYON
         (5) PANG-UKOL NA PARIRALA
      c. para sa PANGNGALAN PARIRALA
         (1) PANGNGALAN
         (2) PANURING
         (3) PANG-UKOL NA PARIRALA
   3. Ang pagkakasunod-sunod ng salita ay maaring lubusang napakahalaga na eksehital na punto. Mga halimbawa:
      a. "kanang kamay ay ibinigay nila sa akin at si Barnabas ng pakikisama." Ang pariralang "kanang kamay ng pakikisama" ay hinati at ibinunga upang maipakita ang kahalagahan nito (Galacia 2:9).
      b. "kasama ni Kristo" ay inilagay sa unahan. Ang Kanyang kamatayan ay sentro (Galacia 2:20).
      c. "Ito ay paunti-unti at sa sa iba't ibang paraan sa" (Hebreo 1:1) ay inilagay sa unahan. Ganito kung paano ipinahayag ng Diyos ang Kanyang sarili sa pamamagitan ng pagsasalungat, hindi sa paggamit ng katotohanan ng kapahayagan.

D. Kadalasan sa ilang mga antas ang pagbibigay diin ay naipapakita sa pamamagitan ng
   1. Ang paguulit-ulit ng mga PANGHALIP na siyang PANGKASALUKUYAN na sa anyong binagong tono ng PANDIWA. Mga halimbawa: "Ako,ang Aking sarili, ay tiyak na magpapasainyo. . ." (Mateo 28:20).
   2. Ang kawalan ng inaasahang PANGATNIG, o ibang nagdudugtong na kagamitan sa pagitan ng mga salita, parirala, sugnay o mga pangungusap. Ito ang tinatawag naasyndeton ("o hindi nalimitahan"). Ang nagdudugtong na kagamitan ay inaasahan, kaya ang kawalan nito ay magaakit ng atensyon. Mga halimbawa:
      a. Ang Beatitudes, Mateo 5:3ff (nagbibigay diin sa tala)
      b. Juan 14:1 (bagong paksa)
      c. taga-Roma 9:1 (bagong seksyon)
      d. II taga-Corinto 12:20 (nagbibigay diin sa tala)
   3. Ang paguulit-ulit sa mga salita o parirala ay ipinapakita sa isang ibinigay na kaugnay na kahulugan. Mga halimbawa: "upang bigyan lugod ang Kanyang kaluwalhatian" (Efeso 1:6,12 & 14). Ang pariralang ito ay ginamit upang ipakita ang gawa ng bawat isa sa persona ng Trinidad.
   4. Ang paggamit ng idioma o salita (tunog) ay paglalaro sa pagitan ng mga salita
      a. euphemisismo – naghahalili sa mga salita para sa sensitibong mga paksa, gaya ng "tuloy" para sa kamatayan (Juan 11:11-14) o "paa" para sa ari ng lalaki (Ruth 3:7-8; I Samuel 24:3).
      b. kaliguyan – naghahalili sa mga salita para sa pangalan ng Diyos, gaya ng "Kaharian ng langit" ( Mateo 3:21) o "isang tinig mula sa kalangitan" (Mateo 3:17).
      c. Mga Talinghaga
         (1) imposibleng kalabisan (Mateo 3:9; 5:29-30; 19:24)
         (2) mahinahong mga pananalita (Mateo 3:5; Mga Gawa 2:36)
         (3) pagsasatao (I taga-Corinto 15:55)
         (4) ironya (taga-Galacia 5:12)
         (5) mala-tulang sipi (taga-Filipos 2:6-11)
         (6) paglalaro ng tunog sa pagitan ng mga salita

(a) "iglesya"
(i) "iglesya" (taga-Efeso 3:21)
(ii) "pagkakatawag" (taga-Efeso 4:1,4)
(iii) "tinawag" (taga-Efeso 4:1,4)
(b) "malaya"
(i) "malayang babae" (taga-Galacia 4:31)
(ii) "kalayaan" (taga-Galacia 5:1)
(iii) "malaya" (taga-Galacia 5:1)

d. idyomatikong wika – ang wika na kadalasang kultural at espesipikong wika:
(1) matalinghagang pagkakagamit ng "pagkain" (Juan 4:31-34)
(2) matalinghagang pagkakagamit ng "Templo" (Juan 2:19; Mateo 26:61)
(3) Hebreong kataga ng pakikiramay, "galit" (Genesis 29:31; Deuteromonyo 21:15; Lucas 14:36; Juan 12:25; taga-Roma 9:13)
(4) "Lahat" laban sa "marami' Ikumpara Isaias 53:6 ("lahat") sa 53:11 & 12 ("marami"). Ang mga salita ay kasingkahulugan ng sa taga-Roma 5:18 at19 ipakita.

5. Ang pagkakagamit ng isang buong makaiwakng parirala sa halip ng isang salita. Halimbawa: "Ang Panginoong Hesukristo."
6. Ang ispesyal na pagkakagamit ng *autos*
   a. kapag may kasamang PANTUKOY (katangiang posisyon ito ay isinalin na "katulad."
   b. kapag walang kasama na PANTUKOY (Panaguring posisyon) ito ay isinalin bilang isang INTENSIBO PANARILING PANGHALIP—"kanyang sarili," "siya mismo," o "mismo."

E. Ang di-Griyegong pagbabasa ng Bibliya ng mag-aaral ay makakakilala ng mga pagdidiin sa ilang mga paraan:
1. Ang paggamit ng isang analitikal na leksikon at interlinyar na Griyego/Ingles na teksto.
2. Ang paghahambing ng mga Ingles na salin, partikular mula sa nagkakaibang mga teorya ng mga salin. Halimbawa: paghahambing sa "salita-sa-salita" na salin (KJV, NKJV, ASV, NASB, RSV, NRSV) na may kasamang isang "dinamikong katumbas" (Williams, NIV, NEB, REB, JB, NJB, TEV). Ang mabuting tulong dito ay ang *The Bible in Twenty-Six Translations* na inilathala ng Baker.
3. Ang paggamit ng *The Emphasized Bible* ni Joseph Bryant Rotherham (Kregel, 1994).
4. Ang paggamit ng isang napakaliteral na salin
   a. *The American Standard Version* of 1901
   b. *Young's Literal Translation of the Bible* ni Robert Young (Guardian Press, 1976).

Ang pag-aaral ng balarila ay isang matrabaho ngunit kinakailangan para sa isang nararapat na pagpapakahulugan. Ang maikiling pagpapaliwanag na ito, mga puna at mga halimbawa ay ninais na makapagbigay lakas ng loob at ihanda ang di-Griyegong mambabasa sa paggamit ng mga gramatikong mga puna na inilatag sa bolyum na ito. Tunay na ang mga paliwanag na ito ay lubhang pinagaan. Hindi dapat ito gamitin sa isang dogmatiko, di-nababalukotot na pamamaraan, ngunit bilang isang batong hahakbangan para sa mas higit na kaunawaan ng palaugnayan sa Bagong Tipan. Puno ng pag-asang ang mga paliwanag na ito ay makakapag enganyo sa mga mambabasa na maintindihan ang mga puna ng ilang mga tulong pag-aaral gaya ng mga teknikal na mga puna ng Bagong Tipan.

Dapat nating mapatunayan ang ating mga pagbibigay ng kahulugan batay sa mga kasangkapan ng mga kaalaman na matatagpuan sa mga teksto ng Bibliya. Ang balarila ay isa sa pinakanakakatulong sa mga kasangkapang ito; ang ilang mga kasangkapan ay makasaysayang tagpuan, kaugnay na kahulugan sa panitikan, pangkasalukuyang pagkakagamit ng salita, at mga katulad na mga talata.

# DAGDAG NA DAHON DALAWA

## TEKSTWAL NA KRITISISMO

Ang paksang ito ay tatalakayin sa kaparaanang maipaliwanag ang mga punang tekstwal na matatagpuan sa komentaryong ito. Ang mga sumusunod na balangkas ang siyang gagamitin

I. Ang tekstwal na pinagmulan ng ating Ingles na Bibliya
   A. Lumang Tipan
   B. Bagong Tipan
II. Maikling pagpapaliwanag sa mga suliranin at mga teorya ng "mas mababang pagsusuri" na tinawag din na "tekstwal na pagsusuri."
III. Mga pinagmulang mungkahi para sa mas higit pang pagbabasa

I. Ang Tekstwal na pinagmulan ng ating Ingles na Bibliya
   A. Lumang Tipan
      1. Masoretic na talata (MT) – Ang Hebreong pangkatinig na talata ay inilatag ni Rabi Aquiba noong A.D. 100. Ang mga patinig na punto, mga pantig, mga punang marhinal, punktwasyon at mga puntong aparato ay nagsimulang idinagdag noong ikaanim na siglo A.D. at natapos noong ikasiyam na siglo A.D. Ito ay ginawa ng pamilya ng mga Hudyong iskolar na kilala bilang mga Masoretes. Ang anyong tekstwal na kanilang ginamit ay siyang kapareho sa Mishnah, Talmud, Targums, Peshitta, at Vulgata.
      2. Septuagint (LXX) – Sinasabi ng tradisyon na ang Septuagint ay nabuo ng 70 Hudyong iskolar sa loob ng 70 araw para sa silid aklatan ng Alexandria sa ilalim ng pangunguna ni Haring Ptolemy II (285-246 B.C.) Ang salin ay inaakalang hiniling ng isang pinunong Hudyo na naninirahan sa Alexandria. Ang tradisyong ito ay nagmula sa "Liham ni Aristeas." Ang LXX ay madalas nakabatay sa nagkakaibang mga Hebreong tekstwal na tradisyon mula sa mga talata ni Rabi Aquiba (MT).
      3. Dead Sea Scrolls (DSS) – Ang Dead Sea Scrolls ay naisulat noong panahon ng Roman (200 B.C. to A.D. 70) ng isang sekta ng mga Hudyong makakahiwalay na tinawag na "Essenes." Ang mga Hebreong kasulatan, na matatagpuan sa ilang mga lugar sa paligid ng Dead Sea, ay nagpapakita na ilang mga pagkakaiba sa pamilyang Hebreong tekstwal sa likod ng kapwa MT at LXX.
      4. Ilang mga partikular na mga halimbawa sa kung paano ang paghahahambing ng mga talatang ito ay nakatulong sa mga tagapagsalin na maunawaan ang Lumang Tipan
         a. Ang LXX ay nakatulong sa mga tagasalin at mga iskolar na maunawaan ang MT
            (1) ang LXX ng Isaias 52:14, "Kung paanong marami ang natigilan dahil sa <u>iyo</u>."
            (2) ang MT ng Isaias 52:14, "Kung paanong marami ang namangha sa <u>iyo</u>"
            (3) sa Isaias 52:15 ang pagkakaiba ng panghalip ng LXX ay napatunayan
               (a) LXX, "kaya maraming bansa ang hahanga sa kanya"
               (b) MT, "kaya babasbasan niya ang maraming bansa"
         b. Ang DSS ay nakatulong sa mga tagasalin at mga iskolar na maunawaan ang MT
            (1) ang DSS ng Isaias 21:8, "gayun nga ang tagamasid ay umiyak, sa moog na bantayan ako ay nakatayo. . ."
            (2) ang MT ng Isaias 21:8, "At siya'y umungal na parang leon: Oh Panginoon, ako'y tumatayong lagi sa moog na bantayan kung araw. . ."
         c. Parehong ang LXX at DSS ay nakatulong na malinawan ang Isaias 53:11
            (1) LXX & DSS, "pagkatapos ng paghihirap ng kanyang kaluluwa siya'y makakakita ng liwanag, siya ay masisiyahan"
            (2) MT, "Siya'y makakakita ng pagdaramdam ng kaniyang kaluluwa at masisiyahan"
   B. Bagong Tipan
      1. Higit sa 5,300 kasulatan ng lahat o mga bahagi ng Griyegong Bagong Tipan ay natitira pa. Mahigit 85 ay isinulat sa papyri at 268 na mga kasulatan at isinulat ang lahat sa malalaking titik (ansiyalo). Sa kalaunay, noong ikasiyam na siglo A.D. isang pinakalat na babasahin (minuscule) ang nabuo. Ang mga Griyegong mga kasulatan sa nakasulat na anyo ay may bilang na humigit 2,700 kopya. Mayroon rin din tayong mahigit sa 2100 na mga kopya ng tala ng talata ng Kasulatan na ginamit sa pagsamba na tinawag nating mga leksyonaryo.
      2. Mahigit sa 85 Griyegong kasulatan na naglalaman ng mga parte ng Bagong Tipan na isinulat sa mga Papayrus ay inilagay sa mga museo. Ang ilan ay may nagmula pa noong ikalawang siglo A.D. ngunit ang ang karamihan ay nagmula pa noong ikatlo at ikaapat na siglo. Wala sa mga MSS na ito ang naglalaman ng buong Bagong Tipan. Dahil sa ito ay pinakamatandang mga kopya Bagong Tipan hindi ito dagliang

nangangahulugang sila ay may kakaunting kaibahan ng kopya. Marami sa mga ito ay mabilisang kinopya para sa lokal na paggamit. Ang pag-iingat ay hindi isinigawa sa proseso. Samakatuwid, sila ay nagtataglay ng maraming kaibahang kopya.

3. Ang Codex Sinaiticus, na kilala sa pamamagitan ng Hebreong titik א (aleph) o (01), na natagpuan sa monasteryo ng St. Catherine sa Mt. Sinai ni Tischendorf. Ito ay may petsa na mula pa noong ikaapat na siglo A.D. at nagtataglay ng kapwa LXX ng OT at Griyego ng NT. Ito ay isang "ang Alexandrian Teksto"na uri.
4. Ang Codex Alexandrinus, kilala bilang "A" o (02), isang ikalimang siglong Griyegong kasulatan na natagpuan sa Alexandria, Ehipto.
5. Ang Codex Vaticanus, na kilala bilang "B" o (03), na natagpuan sa silid-aklatan ng Vatican sa Rome at may petsa na mula sa kalagitnaan ng ikaapat na siglo A.D. Ito ay naglalaman ng kapwa LXX ng Lumang Tipan at Griyegong Bagong Tipan. Ito ay sa "ang Alexandrian Teksto" na uri.
6. Ang Codex Ephraemi, na kilala bilang "C" o (04), isang ikalimang siglong Griyegong kasulatan na bahagyang nasira.
7. Ang Codex Bezae, na kilala bilang "D" o (05), isang ikalima o ikaanim na siglong Griyegong kasulatan. Ito ang pangunahing kinatawan na tinatawag na "Ang Kanluraning Teksto." Ito ay naglalaman ng maraming karagdagan at prinsipal na Griyegong saksi para sa King James na salin.
8. Ang NT MSS ay maaring maipangkat sa tatlo, maaaring apat, na mga pamilya na nagsasalo ng tiyak na mga katangian.
   a. Alexandrian na Teksto na mula sa Ehipto
      (1) $P^{75}$, $P^{66}$ (about A.D. 200), na nagtatala ng mga Ebanghelyo
      (2) $P^{46}$ (about A.D. 225), na nagtatala ng mga sulat ni Pablo
      (3) $P^{72}$ (about A.D. 225-250), na nagtatala ng Pedro at Hudas
      (4) Codex B, called Vaticanus (about A.D. 325), na sumasaklaw sa buong OT at NT
      (5) Si Origen ay nagsipi mula sa ganitong uring talata
      (6) ibang mga MSS na nagpapakita na ganitong uring talata ay ang mga א, C, L, W, 33
   b. Kanluraning na Teksto mula sa Hilagang Africa
      (1) sipi mula sa mga ama ng iglesya sa Hilagang Africa, Tertullian, Cyprian, at ang Lumang Latin na salin
      (2) sipi mula kay Ireneo
      (3) mga sipi mula kay Tatian at ang Lumang Syriac na salin
      (4) Ang Codex D "Bezae" ay sumunod sa ganitong uring talata.
   c. Ang Silanganing Byzantine na talata mula sa Constantinople
      (1) ang talatang uring ito ay naipakita sa mahigit 80% ng 5,300 MSS
      (2) sinipi ni mga ama ng iglesya sa Antioch Syria, Cappadociano, Chrysostomo, at Therodoret
      (3) ang Codex A, sa mga Ebanghelyo lamang
      (4) ang Codex E (ikawalong siglo) para sa buong NT
   d. ang ikaapat na maaaring uri ay "Caesarean" mula sa Palestina
      (1) ito ay pangunahing makikita lamang sa Marcos
      (2) ilang mga saksi dito ay ang $P^{45}$ at W

II. Ang mga suliranin at mga teorya ng "mas mababang pagsusuri" or "Tekstwal na Krtisismo."

A. Paano ang mga kaibahan ay lumitaw

1. di-sinangguni o aksidental (malawak na kalamangan ng mga paglitawa
   a. kamalian ng mata sa kamay na pagkopya na nagbabasa ng dalawang pagkakataon ng dalwang magkaparehong mga salita at magkagayon ay nagtatanggal sa lahat ng mga salita sa pagitan (homoioteleuton)
      (1) kamalian ng mata sa pag-alis ng isang dalawahang titik o parirala (haplograpiya)
      (2) kamalian ng isip sa pag uulit ng isang parirala o linya ng isang Griyegong talata (dittograpiya)
   b. kamalian ng tainga sa pagkopya ng pasalitang pagdidikta na kung saan ang pagkakamali sa baybay ay lumitaw (itacism). Madalas ang pagkakamaling baybay ay nagpapahiwatig o nagbabaybay kaparehong tunog na Griyegong salita
   c. ang pinakasinaunang mga Griyegong talata ay walang mga kabanata o pagkakahiwalay ng mga talata, maliit o walang bantas at walang pagkahati-hati sa pagitan. pagkahati-hati sa pagitan ng mga salita maaaring hatiin ang mga titik sa ibat-ibang lugar na bumubuo ng magkaibang salita.
2. intensyonal
   a. ang mga pagbabago ay ginawa upang malago ang gramatikal na anyo ng kinopyang talata
   b. ang mga pagbabago ay ginawa upang dalhin ang talata sa pagkakaayon sa ibang mga biblikal na

mga talata (pagtutugma ng mga kahilera) changes were made by combining two or more variant readings into one long combined Teksto (conflation)

c. ang mga pagbabago ay ginawa upang itama ang naisip na suliranin sa talata (cf. I taga-Corinto 11:27 at I Juan 5:7-8)
d. ilang mga karagdagang kaalaman patungkol sa makasaysayang tagpuan o nararapat na interpretasyon ng talata at inilagay sa gilid ng isang tagasulat ngunit inilagay ito sa talata ng ikalawang tagasulat (cf. Juan 5:4)

B. Ang pinagsasaligang mga simulain ng tekstwal na pagsusuri (lohikal na panuntunan para sa pagpapasya ng orihinal na pagbasa ng isang talata kapag mayroong mga kaibahan)

1. ang pinaka hindi akma o pinakahindi karaniwang gramitikong talata ang may probabilidad na orihinal
2. ang pinakamaikling talata ang may probabilidad na orihinal
3. ang mas nakakatandang talata ay binibigyan ng higit na bigat dahil sa makasaysayang kalapitan nito sa orihinal, kung ang lahat ng bagay ay pantay
4. Ang MSS na may heograpikal na pagkakaiba ay madalas ay may orihinal na pagbasa
5. ang may mahinang doktrinang mga talata, lalo na yaong may kinalaman sa pangunahing teolohikal na diskusyon ng panahon ng pagbabago ng kasulatan, gaya ng sa Trinidad sa I Juan 5:7-8, ay mas kinikilingan.
6. ang mga talata na maaring makapagpaliwanag ng pinakamahusay sa pinagmulan ng ibang mga kaibahan
7. dalawang sipi na makakatulong na maipakita ang balance sa nakakagambalang mga kaibahan
   a. J. Harold Greenlee aklat sa, *Introduction to New Testament Textual Criticism*, p. 68: "Walang doktrinang Kristyano ang nakabitin sa isang pinagtatalunang talata; at ang mag aaral ng NT ay dapat na pagbawalan sa pagnanasa na ang kanyang talata na maging mas higit na orthodox o mas higit na malakas sa doktrina kaysa sa inspiradong orihinal."
   b. W. A. Criswell sinabihan si Greg Garrison ng *The Birmingham News* na siya (Criswell) hindi naniniwala na ang bawat salita sa Bibliya ay kinasihan, "hindi lahat ng bawat salita na naibigay sa modernong publiko sa pamamagitan ng mga siglo ng tagasalin." Criswell nagsabi: "Ako ay lubos na mananampalataya ng Tekstwal na pagsusuri. Gaya nyan, naisip ko, sa huling kalahati ng ikalabing anim na kabanata ng Marcos ay erehya: hindi ito kinasihan, ito lamang ay inibento. . .Kapag ikinumpara mo yaong mga kasulatan mula pa sa dati, walang ganoong bagay na gaya ng paglalagom ng Aklat ng Marcos. Isang tao ang nagdagdag nito..."

      Ang patriyarka ng SBC na naniniwala sa walang kamalian ay nagaangkin din ng " interpolasyon" ay kitang kita din sa Juan 5, ang salaysay ni Hesus sa tangke ng Bethesda. At tinalakay niya ang dalawang magkakaibang mga tala ng pagpapakamatay ni Hudas (cf. Mateo 27 at Mga Gawa 1): "Ito lamang ay dalawang magkaibang pananaw ng pagpapakamatay," sinabi ni Criswell. "Kung ito ay nasa Bibliya, mayroong kapaliwanagan para dito. Ang dalawang salaysay ng pagpapakamatay ni Hudas ay nasa Bibliya." Idinagdag pa ni Criswell, "Ang Tekstwal na pagsusuri ay isang nakagigilalas na agham sa kanyang sarili. Hindi ito ephemeral, ito ay may kinalaman. Ito ay dinamiko at sentral…"

III. Mga pang-Kasulatang suliranin (Tekstwal na pagsusuri)

A. Mga Munghahing pinagkukunag para sa mas malalim na pagbabasa

1. *Biblical Criticism: Historical, Literary and Tekstoual*, ni R.H. Harrison

2. *The Text of the New Testament: Its Transmission, Corruption and Restoration* ni Bruce M. Metzger

3. *Introduction to New Testament Textual Criticism*, ni J. H Greenlee

# DAGDAG NA DAHON TATLO

## PANGDOKTRINANG PAMAMAHAYAG

Hindi ako partikular na inaalantana ang mga pahayag ng pananampalataya o mga kredo. Mas pinipili ko na manindigan sa Bibliya mismo. Gayunpaman, napagtanto ko na ang pahayag ng pananampalataya ay magkakapagdulot doon sa mga hindi pamilyar sa akin, isang paraan upang tasahin ang aking doktrinal na pananaw. Sa ating panahon ng labis na teolohikal na kamalian at paglilinlang, ang sumusunod na maikling buod ng aking teolohiya ay inilahad.

1. Ang Bibliya, ang parehong Luma at Bagong Tipan ay, ang kinasihan, walang pagkakamali, mapanghahawakan, eternal na Salita ng Diyos. Ito ang sarili-kapahayagan ng Diyos na itinala ng mga tao sa ilalim ng supernatural na pamumuno. Ito ang ating tanging pinanggagalingan ng malinaw na katotohanan patungkol sa Diyos at sa Kanyang mga layunin. Ito rin ang tanging pinangagalingan ng pananampalataya at pagsasagawa para sa Kanyang iglesya.

2. Mayroon lamang iisa walang-hanggang Diyos. Siya ang manlilikha ng lahat ng mga bagay, nakikita at di-nakikita. Ipinahayag Niya ang Kanyang sarili bilang isang mapagmahal at mapagkalinga bagamat Siya rin at patas at makatarungan.. Ipinahayag Niya ang Kanyang sarili sa tatlo natatanging mga persona: Ama, Anak at Espiritu, tunay na magkakahiwalay gayunman ay magkapareho sa esensya.

3. Ang Diyos ay aktibo sa pagkontrol sa Kanyang mundo. Mayroon Siyang isang parehong walang-hanggang plano para sa Kanyang nilikha na hindi mababago at ang indibidwal na pokus na nagbibigay pagkakataon sa malayang pagpili ng tao. Walang mangyayari na hindi lingid sa kaalaman at permiso ng Diyos, ngunit pinahihintulutan Niya ang indibidwal na pagpili parehong sa mga anghel at sangkatauhan. Si Hesus ay ang Piniling Tao ng Ama at ang lahat ay potensyal na pinili sa Kanya. Ang kaalaman sa simula pa lamang ng Diyos ay hindi nagpapababa sa sangkatauhan tungo sa isang nadeterminang isinuluta na eskrip. Lahat tayo ay responsable sa ating mga kaisipan at mga gawa.

4. Ang sangkatauhan, bagamat nilalang ayon sa wangis ng Diyos at malaya mula sa kasalanan, ay pinili na magrebelde laban sa Diyos. Bagamat tinukso ng isang supernatural na ahente, sina Adan at Eba ay responsable para sa kanilang tahasang pagkamakasarili. Ang kanilang pagrerebelde ay nakaapekto sa sangkatauhan at sangnilikha. Tayong lahat ay nangangailangan ng awa at biyaya ng Diyos pareho para sa ating pangkalahatang kondisyon kay Adan at ating indibidwal na bolisyonal na rebelyon.

5. Ang Diyos ay naglaan ng isang pamamaraan ng pagpapatawad at pagpapanumbalik para sa makasalanang sangkatauhan. Si Hesukristo, ang natatanging anak ng Diyos, ay naging tao, namuhay ng walang kasalanang buhay at sa pamamagitan ng Kanyang naghahaliling kamatayan, binayaran ang multa para sa kasalanan ng sangkatauhan. Siya lamang ang daan sa pagpapanumbalik at pakikisama sa Diyos. Walang ibang paraan ng kaligtasan maliban sa pananampalataya sa Kanyang natapos na gawa.

6. Ang bawat isa sa atin ay dapat na personal na tanggapin ang inaalok ng Diyos na kapatawaran at pagpapanumbalik kay Hesus. Ito ay matatamo sa pamamagitan ng bolisyonal na pagtitiwala sa mga pangako ng Diyos sa pamamagitan kay Hesus at tahasang pagtalikod sa mga nalalamang kasalanan.

7. Lahat tayo ay lubusang pinatawad at pinanumbalik batay sa ating pagtitiwala kat Hesus at pagsisisi ng kasalanan. Gayunpaman, ang ebidensya para sa bagong pakikipagrelasyon na ito ay makikita sa isang binago, at nagbabagong, buhay. Ang tunguhin ng Diyos para sa sangkatauhan ay hindi lamang langit balang araw ngunit ang maging wangis ni Kristo ngayon. Yaong mga tunay na natubos, bamagat paminsan-minsan ay nagkakasala, ay magpapatuloy sa pananampalataya at pagsisisi sa kabuuan ng kanilang mga buhay.

8. Ang Banal na Espiritu ay "ang ibang Hesus." Siya ay umiiral sa mundo upang pangunahan ang mga nawala patungo kay Kristo at humubog ng pagiging wangis ni Kristo sa mga naligtas. Ang mga kaloob ng Espiritu at ibinigay sa kaligtasan. Sila ang buhay at ministeryo ni Hesus na hinati-hati sa Kanyang katawan, ang Iglesya. Ang mga kaloob ay pangunahing mga saloobin at mga motibo ni Hesus na kailangan himukin ng bunga ng Espiritu. Ang Espiritu ay aktibo sa ating panahon na gaya ng Siya ay nasa biblikal na panahon.

9. Agn Ama ay ginawa ang muling binuhay na Hesukristo bilang ang Hukom ng lahat ng bagay. Siya ay magbabalik upang hatulan ang lahat ng sangkatauhan. Yaong mga nagtiwala kay Hesus at yaong mga pangalan ay nakasulat sa Aklat ng Buhay ay makatatanggap ng kanilang walang hanggang niluwalhating katawan sa Kanyang pagbabalik. Sila ay makakasama Niya sa habang panahon. Gayunpaman, yaong mga tumanggi na tumuhon sa katotohanan ng Diyos ay mahihiwalay ng walang hanggan mula sa kagalakan ng pakikisama sa Triune na Diyos. Sila ay ikokondena kasama ng Diablo at kanyang mga anghel.

Ito ay tiyak na hindi kumpleto o puspusan subalit ako ay umaasa na ito ay makapagbibigay sa inyo ng teolohikal na panlasa ng aking puso. Gusto ko ang pahayag na:

“Sa mga mahahalaga —pagkakaisa, Sa mga paligid—kalayaan, Sa lahat ng mga bagay—pag-ibig.”